ANG SALITA NG DIYOS

Bibles International®
609 36th Street SE
Grand Rapids, Michigan USA
49548-2317

Tagalog New Testament

ISBN 978-1-59645-205-3

© 2023

First edition © 1998
Second edition © 2020
Third edition © 2023

Bibles International®
The Bible Society of Baptist Mid-Missions

TALAAN NG MGA NILALAMAN

Mga Pagdadaglat . . . . . *iv*

Bagong Tipan

Mateo . . . . . Mat **1**
Marcos . . . . . Mar . . . **77**
Lucas . . . . . Luc . . **126**
Juan . . . . . Jua . . **204**
Mga Gawa . . . . . Gaw . . **259**
Mga Taga-Roma . . . . . Rom . . **330**
1 Mga Taga-Corinto . . . . . 1Co . . **361**
2 Mga Taga-Corinto . . . . . 2Co . . **391**
Mga Taga-Galacia . . . . . Gal . . **411**
Mga Taga-Efeso . . . . . Efe . . **422**
Mga Taga-Filipos . . . . . Flp . . **432**
Mga Taga-Colosas . . . . . Col . . **440**
1 Mga Taga-Tesalonica . . . . 1Te . . **448**
2 Mga Taga-Tesalonica . . . . 2Te . . **455**
1 Kay Timoteo . . . . . 1Ti . . **460**
2 Kay Timoteo . . . . . 2Ti . . **469**
Kay Tito . . . . . Tit . . **476**
Kay Filemon . . . . . Flm . . **480**
Hebreo . . . . . Heb . . **483**
Santiago . . . . . San . . **506**
1 Pedro . . . . . 1Pe . . **515**
2 Pedro . . . . . 2Pe . . **524**
1 Juan . . . . . 1Jn . . **530**
2 Juan . . . . . 2Jn . . **538**
3 Juan . . . . . 3Jn . . **540**
Judas . . . . . Jud . . **542**
Pahayag . . . . . Pah . . **546**

Paghahambing Ng Mga Timbang At Mga Sukat *581*
Talahuluganan ng Bagong Tipan *583*
Pangpaksang Talatuntunan *591*
Mga Mapa *635*

MGA PAGDADAGLAT

Lumang Tipan

Genesis . . . . . Gen
Exodo. . . . . .Exo
Levitico . . . . . .Lev
Mga Bilang . . . . . Bil
Deuteronomio. . . . . Deu
Josue . . . . . Jos
Mga Hukom . . . . . Huk
Ruth. . . . . .Rut
I Samuel 1Sa
II Samuel. 2Sa
I Mga Hari 1Ha
II Mga Hari 2Ha
I Mga Cronica 1Cr
II Mga Cronica. 2Cr
Ezra . . . . . .Ezr
Nehemias. . . . . Neh
Esther . . . . . Est
Job . . . . . Job
Mga Awit. . . . . Awi
Kawikaan . . . . . Kaw
Eclesiastes. . . . . Ecl
Awit ng mga Awit. . . . . AmA
Isaias . . . . . Isa
Jeremias . . . . . Jer
Mga Panaghoy . . . . . .Pan
Ezekiel. . . . . .Eze
Daniel . . . . . Dan
Oseas . . . . . .Ose
Joel. . . . . Joe
Amos . . . . . .Amo
Obadias. . . . . Oba
Jonas . . . . . .Jon
Mikas. . . . . Mik
Nahum. . . . . Nah
Habakuk . . . . . Hab
Zefanias. . . . . .Zef
Hagai. . . . . Hag
Zakarias . . . . . .Zak
Malakias . . . . . .Mal

Bagong Tipan

Mateo. . . . . .Mat
Marcos. . . . . Mar
Lucas . . . . . .Luc
Juan . . . . . Jua
Mga Gawa. . . . . Gaw
Mga Taga-Roma. . . . . Rom
1 Mga Taga-Corinto 1Co
2 Mga Taga-Corinto 2Co
Mga Taga-Galacia . . . . . .Gal
Mga Taga-Efeso . . . . . Efe
Mga Taga-Filipos. . . . . Flp
Mga Taga-Colosas . . . . . .Col
1 Mga Taga-Tesalonica 1Te
2 Mga Taga-Tesalonica 2Te
1 Kay Timoteo 1Ti
2 Kay Timoteo 2Ti
Kay Tito . . . . . .Tit
Kay Filemon . . . . . .Flm
Hebreo. . . . . Heb
Santiago . . . . . .San
1 Pedro 1Pe
2 Pedro 2Pe
1 Juan 1Jn
2 Juan 2Jn
3 Juan 3Jn
Judas . . . . . .Jud
Pahayag. . . . . .Pah

Bagong Tipan

ANG EBANGHELYO AYON KAY MATEO

Sumulat: Mateo
Para Kanino: Sa mga Judio
Taon: A.D. 50

Panimulang Salita sa Ebanghelyo Ayon kay Mateo

Ang Lumang Tipan ay naglalaman ng maraming paghahayag patungkol sa pagdating ng Mesiyas. Pagkatapos ng halos 400 taon, simula nang naibigay ng Diyos ang huling mga salita ng Lumang Tipan, ipinadala niya ang kaniyang Anak sa sanlibutan. Lahat ng apat na ebanghelyo ang nagpapahayag ng mabuting balita ng buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus. Noong A.D. 50 ay isinulat ni Mateo ang ebanghelyong ito upang ipakita na tinupad ni Jesus ang mga paghahayag sa Lumang Tipan. Ang pangunahing dahilan kung bakit ito ay isinulat niya ay upang hikayatin ang mga Judio na si Jesus ay ang Mesiyas.

Si Mateo ay may ibang pangalan, ito ay Levi. Bago niya nakilala si Jesus, siya ay dating maniningil ng buwis (Mar 2:14). Sa panahong iyon ang mga Romano ang namamahala sa mga Judio kaya sila ay itinuring ng mga Judio bilang mga kaaway. Ang mga maniningil ng buwis ay naglilikom ng salapi para sa mga kaaway na ito, ngunit ang dagdag sa kanilang nalilikom ay kinukuha nila. Tinawag ng Panginoon si Mateo mula sa masamang hanapbuhay na ito. Siya ay binago ng Panginoon at tinawag siya para maging isang apostol. Pagkatapos ay ginamit siya ng Diyos upang isulat ang ebanghelyong ito.

Ang unang talata ng ebanghelyo ni Mateo ay nagpapakilala ng paksa ng aklat na ito na si Jesus ang Mesiyas. Siya ay Anak ni Abraham, ayon sa pagpapatunay ng talaan ng angkan sa kabanatang 1. Siya rin ay Anak ni David, at sa buong aklat ay isinulat ni Mateo ang maraming pagkabanggit kay David at sa kaharian. Si Jesus ang Hari na siyang nagsakatuparan ng mga kapahayagan sa Lumang Tipan. Siya ang Mesiyas ng Israel at siya rin ang Mesiyas para sa lahat ng mga bansa. Ang huling mga salita ng ebanghelyong ito ang nagtala ng utos ni Jesus na gawing mga alagad ang lahat ng mga bansa.

Maingat na isinaayos ni Mateo ang nilalaman ng aklat na ito upang ang kaniyang pangunahing paksa ay maging malinaw sa kaniyang mga mambabasa. Hinati ni Mateo sa tatlong bahagi ang paglilingkod ni Jesus. Ang tatlong bahagi ay: ang paghahanda ng Hari (1:1-4:16), ang pangmadlang paglilingkod ng Hari (4:17-16:20), at ang kamatayan, paglibing at muling pagkabuhay ng Hari (16:21-28:20). Si Mateo ay pumili ng paksa mula sa buhay ni Jesus upang mabuo ang mga tiyak na tema sa bawat isa sa tatlong mga pangkat. Tinatalakay rin niya nang salit-salitan ang kasaysayan at pagtuturo. Ang kaniyang pinakatanyag na pagtuturo ay ang Pangangaral sa Bundok (kabanatang 5-7).

Si Jesus ay ang Hari at ang Mesiyas ng lahat ng mga bansa. Kaya tayo ay dapat sumampalataya at sumunod sa kaniya.

Balangkas ng Ebanghelyo Ayon kay Mateo:

I. Ang paghahanda ng Hari (*1:1-4:16*).
II. Ang pangmadlang paglilingkod ng Hari (*4:17-16:20*).
III. Ang kamatayan, paglibing at muling pagkabuhay ng Hari (*16:21-28:20*).

Ang Aklat ng Angkan ni Jesu-Cristo

Luc 3:23-38

1 Ang aklat ng angkan ni Jesu-Cristo, na anak ni David, na
anak ni Abraham♦.
2 Naging anak ni Abraham si Isaac at naging anak ni Isaac
si Jacob at naging anak ni Jacob si Juda at ang kaniyang mga
kapatid. 3 Naging anak ni Juda sina Fares at Zara kay Tamar
at naging anak ni Fares si Esrom at naging anak ni Esrom si
Aram. 4 Naging anak ni Aram si Abinadab at naging anak
ni Abinadab si Naason at naging anak ni Naason si Salmon.
5 Naging anak ni Salmon si Boaz kay Rahab at naging anak
ni Boaz si Obed kay Ruth at naging anak ni Obed si Jesse.
6 Naging anak ni Jesse si haring David.

Naging anak ni haring David si Solomon sa kaniya na asawa
ni Urias. 7 Naging anak ni Solomon si Rehoboam at naging
anak ni Rehoboam si Abias at naging anak ni Abias si Asa.
8 Naging anak ni Asa si Jehosafat at naging anak ni Jehosafat
si Joram at naging anak ni Joram si Uzias. 9 Naging anak ni
Uzias si Jotam at naging anak ni Jotam si Acas at naging anak
ni Acas si Hezekias. 10 Naging anak ni Hezekias si Manases at
naging anak ni Manases si Amon at naging anak ni Amon si
Josias. 11 Naging anak ni Josias si Jeconias at ang kaniyang mga
kapatid sa panahon ng pagdalang-bihag sa Babilonia.

12 At pagkatapos ng pagdalang-bihag sa Babilonia, naging
anak naman ni Jeconias si Shealtiel at naging anak ni Shealtiel
si Zerubabel. 13 Naging anak ni Zerubabel si Abiud at naging
anak ni Abiud si Eliakim at naging anak ni Eliakim si Azor.
14 Naging anak ni Azor si Sadok at naging anak ni Sadok si
Achim at naging anak ni Achim si Eliud. 15 Naging anak ni
Eliud si Eleazar at naging anak ni Eleazar si Mathan at naging
anak ni Mathan si Jacob. 16 At naging anak ni Jacob si Jose na
asawa ni Maria na sa pamamagitan niya ay isinilang si Jesus na
tinatawag na Cristo.

17 Kaya ang lahat ng mga saling lahi mula kay Abraham
hanggang kay David ay labing-apat na saling lahi, at mula
kay David hanggang sa panahong sila ay dinalang bihag sa
Babilonia ay labing-apat na saling lahi, at mula sa panahong sila
ay dinalang bihag sa Babilonia hanggang kay Cristo ay labing-
apat na saling lahi.

Ipinanganak si Jesus

Luc 1:26-38; 2:1-7; Jua 1:1-2, 14

18 At ganito ang naging kapanganakan ni Jesu-Cristo.
Nang si Maria na kaniyang ina ay ipinagkatipan na
mapangasawa ni Jose bago pa sila magsama, siya ay

1:1 Luc 1:32, 69; Gal 3:16; Pah 22:16
1:5 Heb 11:31
1:16 Mat 27:17; Luc 1:27
1:18 Luc 1:35

natagpuang nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Banal
na Espiritu. 19 Ngunit si Jose na kaniyang asawa, bilang
lalaking matuwid at hindi nagnanais na ilagay sa hayag
na kahihiyan si Maria, ay nagpasyang palayain siya nang
lihim. 20 Ngunit habang kaniyang pinag-iisipan ang mga
ito, narito, isang anghel♦ ng Panginoon ang nagpakita sa
kaniya sa isang panaginip na sinasabi, "Jose na anak ni
David, huwag kang matakot na tanggapin si Maria na
iyong asawa sapagkat ang kaniyang pinagdadalang-tao ay
mula sa Banal na Espiritu. 21 At siya ay manganganak ng
isang lalaki at tatawagin mo ang kaniyang pangalan na
Jesus sapagkat ililigtas niya ang kaniyang bayan mula sa
kanilang mga kasalanan."

22 At ang lahat ng ito ay naganap upang matupad ang
sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na
sinasabi,

23 "Narito, ang isang birhen ay magdadalang-tao at
manganganak ng isang lalaki at tatawagin nila ang
kaniyang pangalan na Emmanuel,"

Isa 7:14

na ang kahulugan ay,

"Kasama natin ang Diyos."

Isa 8:8, 10

24 Pagkagising ni Jose mula sa pagkatulog, ginawa niya
ang ayon sa iniutos sa kaniya ng anghel ng Panginoon at
tinanggap niya ang kaniyang asawa. 25 Ngunit hindi niya
sinipingan ang kaniyang asawa hanggang sa maipanganak
niya ang kaniyang panganay na anak na lalaki. At tinawag
niya ang kaniyang pangalan na Jesus.

1:20 Mat 27:19; Gaw 5:19
1:21 Luc 1:31; 2:11; Jua 3:17; Gaw 5:31; Rom 11:14; Tit 2:14
1:22 Mat 2:15; Luc 4:21; Jua 13:18
1:24 Gaw 5:19
1:25 Luc 1:31
2:1 Luc 1:5; 2:4-7
2:2 Mar 15:2; Luc 23:38; Jua 1:49
2:5 Jua 7:42

Ang Pagdating ng mga Pantas

2 Nang ipinanganak si Jesus sa Bethlehem ng Judea
sa kapanahunan ni haring Herodes, narito, may mga
lalaking pantas na dumating sa Jerusalem mula sa silangan,
2 na nagsasabi, "Saan naroroon ang ipinanganak na Hari ng
mga Judio? Sapagkat nakita namin ang kaniyang bituin sa
silangan at kami ay pumunta upang siya ay sambahin."

3 Ngunit nang narinig ito ni Haring Herodes, siya ay
naligalig at ang buong Jerusalem na kasama niya. 4 Kaya
nang natipon niya ang lahat ng mga punong saserdote♦ at
mga eskriba♦ ng bayan, nagtanong siya sa kanila kung saan
isinisilang ang Cristo.

5 At sinabi nila sa kaniya, "Sa Bethlehem ng Judea
sapagkat ganito ang nasusulat sa pamamagitan ng propeta,
6 'Ngunit ikaw, Bethlehem, lupain ng Juda, sa anumang

paraan ay hindi ikaw ang pinakamaliit sa mga gobernador
ng Juda dahil mula sa iyo ay lalabas ang pinuno na siyang
mamamahala sa aking bayang Israel.' "

Mik 5:2

7 Pagkatapos tawagin nang palihim ni Herodes ang mga
pantas na lalaki, buong sikap niyang itinanong sa kanila
kung anong oras ang pagpapakita ng bituin. 8 At nang sila ay
pinapunta niya sa Bethlehem at sinabi niya, "Pumaroon kayo at
ipagtanong ninyo nang buong sikap ang patungkol sa bata. At
kapag siya ay matagpuan ninyo, balitaan ninyo ako upang ako
ay makapunta at sambahin din siya."
9 Pagkarinig nila sa hari, sila ay nagpatuloy sa paglalakbay.
Narito, ang bituin na kanilang nakita sa silanganan ay nauna
sa kanila hanggang sa sumapit at tumigil ito sa tapat ng
kinaroroonan ng bata. 10 Nang nakita nila ang bituin, sila ay
nagalak nang labis na kagalakan. 11 Pagkarating nila sa loob ng
bahay, nakita nila ang bata kasama ng kaniyang inang si Maria.
Sa kanilang pagpatirapa ay sinamba nila ang bata, at nang
binuksan nila ang lalagyan ng kanilang mga kayamanan, sila ay
naghandog sa kaniya ng mga kaloob na ginto at kamangyan♦ at
mira♦.
12 At dahil nagbabala sa kanila ang Diyos sa pamamagitan ng
panaginip na huwag nang bumalik kay Herodes, sila ay umuwi
sa kanilang lupain sa ibang daan.

2:12 Heb 11:7
2:13 Gaw 5:19; Pah 12:4
2:17 Mat 1:22

Umalis Sila Papuntang Egipto

13 Nang sila ay nakauwi na, narito, ang anghel ng Panginoon
ay nagpakita kay Jose sa isang panaginip na nagsasabi,
"Bumangon ka at dalhin mo ang bata at ang kaniyang ina at
tumakas ka papuntang Egipto. Manatili ka roon hanggang sa
sabihin ko sa iyo sapagkat binabalak na ipahanap ni Herodes
ang bata upang siya ay patayin."
14 Kaya pagbangon niya, dinala niya ang bata at ang kaniyang
ina at sa gabi ay umalis papuntang Egipto. 15 Nanatili siya roon
hanggang sa pagkamatay ni Herodes upang matupad ang sinabi
ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta na sinasabi, "Mula sa
Egipto ay tinawag ko ang aking anak."

Ose 11:1

16 Nang nalaman ni Herodes na siya ay nalinlang ng mga
lalaking pantas, siya ay labis na nagalit at nagsugo na patayin
ang lahat ng mga batang lalaki sa Bethlehem at sa buong palibot
nito, mula sa dalawang taong gulang pababa ayon sa panahon
na nagsiyasat siya mula sa mga lalaking pantas. 17 Kaya natupad
ang sinabi sa pamamagitan ng propetang Jeremias, na sinasabi,
18 "Sa Rama ay narinig ang tinig ng panaghoy, pagtangis at labis

na pagdalamhati. Tinatangisan ni Rachel ang kaniyang mga
anak at hindi niya ibig na maaliw sapagkat sila ay wala na."
Jer 31:15

Bumalik Sila Mula sa Egipto

Luc 2:39-40

19 Ngunit nang namatay na si Herodes, narito, ang anghel ng
Panginoon ay nagpakita kay Jose sa Egipto sa pamamagitan
ng panaginip, **20** na nagsasabi, "Bumangon ka, dalhin mo ang
bata at ang kaniyang ina at pumaroon ka sa lupain ng Israel
sapagkat sila na naghahangad sa buhay ng bata ay namatay na."
21 Bumangon nga siya at dinala niya ang bata at ang ina ng bata
at pumaroon sa lupain ng Israel.

22 Ngunit nang narinig ni Jose na si Archelao ay naghahari
sa Judea bilang kapalit ng kaniyang amang si Herodes, siya ay
natakot na pumunta roon, subalit dahil nagbabala ang Diyos sa
kaniya sa pamamagitan ng panaginip, siya ay umalis patungo
sa mga dako ng Galilea. **23** At nang siya ay dumating, siya
ay tumira sa isang lungsod na tinatawag na Nazaret upang
matupad ang sinabi sa pamamagitan ng mga propeta, "Siya ay
tatawaging taga-Nazaret."

2:19 Gaw 5:19
2:22 Luc 2:39
2:23 Mar 1:24; Luc 1:26; Jua 1:45
3:1 Luc 1:13, 57-66; Gaw 19:3-4
3:2 Luc 11:20; Jua 3:3,5; Gaw 1:3,6
3:3 Luc 1:76; Jua 1:23
3:4 Mat 3:1
3:6 Mar 1:4
3:7 Rom 1:18
3:8 Gaw 26:20
3:9 Luc 3:8

Si Juan na Tagapagbawtismo

Mar 1:1-8; Luc 3:1-20; Jua 1:6-8, 15-36

3 At sa mga araw na iyon ay dumating si Juan na
tagapagbawtismo na nangangaral sa ilang ng Judea, **2** at
nagsasabi, "Magsisi kayo sapagkat malapit na ang paghahari
ng langit." **3** Sapagkat siya yaong ipinahayag ni propeta Isaias
na sinasabi, "Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, 'Ihanda
ninyo ang landas ng Panginoon. Gawin ninyong matuwid ang
kaniyang mga landas.' "
Isa 40:3

4 At si Juan mismo ay may damit na yari sa mga balahibo
ng kamelyo♦ at may pamigkis na balat ng hayop sa kaniyang
baywang. At ang kaniyang pagkain ay mga balang at pulut-
pukyutan. **5** Sa panahong iyon ay pumunta sa kaniya ang mga
tao sa Jerusalem at ang buong Judea at ang buong lupain sa
palibot ng Jordan, **6** at sila ay nagpabawtismo sa kaniya sa ilog
Jordan, na ipinahahayag ang kanilang mga kasalanan.

7 Ngunit nang nakita niya ang marami sa mga Fariseo♦ at
sa mga Saduseo♦ na dumarating para sa kaniyang bawtismo,
sinabi niya sa kanila, "Kayong lahi ng mga ulupong! Sino
ang nagbabala sa inyo upang tumakas mula sa poot na
dumarating? **8** Kaya kayo ay mamunga ng mga bunga na
karapat-dapat sa pagsisisi. **9** At huwag ninyong isipin na

sabihin sa inyong mga sarili, 'Mayroon kaming ama, si Abraham.' Sapagkat sinasabi ko sa inyo na makakaya ng Diyos na magtindig ng mga anak para kay Abraham mula sa mga batong ito. **10** Ngunit ngayon din ay nakalapat na ang palakol sa ugat ng mga punongkahoy. Kaya ang bawat punongkahoy na hindi namumunga ng mabuting bunga ay pinuputol at inihahagis sa apoy. **11** Ako nga ang nagbabawtismo sa inyo sa tubig para sa pagsisisi, ngunit siya na dumarating na kasunod ko ay higit na makapangyarihan kaysa sa akin, na hindi ako karapat-dapat na magdala ng kaniyang pangyapak. Siya ang magbabawtismo sa inyo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at sa pamamagitan ng apoy. **12** Ang kaniyang pantahip♦ ay nasa kaniyang kamay at kaniyang lilinisin nang lubos ang kaniyang giikan at titipunin ang kaniyang trigo sa loob ng kamalig, ngunit ang ipa ay kaniyang tutupukin sa apoy na hindi namamatay."

Binawtismuhan ni Juan si Jesus

Mar 1:9-11; Luc 3:21-22; Jua 1:31-34

13 Sa panahong iyon, mula sa Galilea patungong Jordan, si Jesus ay pumunta kay Juan upang magpabawtismo sa kaniya. **14** Ngunit siya ay pinigilan ni Juan na nagsasabi, "Ako ang may kailangan na iyong bawtismuhan, subalit ikaw ang lumalapit sa akin."

15 Ngunit sumagot si Jesus sa kaniya na sinabi, "Payagan mo na ito ay mangyari ngayon sapagkat ganito ang nararapat sa atin upang tuparin ang buong katuwiran." Kaya pumayag si Juan.

16 At nang si Jesus ay nabawtismuhan, kaagad siyang umahon mula sa tubig, at narito, nabuksan ang kalangitan sa kaniya at nakita ni Juan ang Espiritu ng Diyos na bumababang katulad ng isang kalapati at dumadapo kay Jesus. **17** At narito, isang tinig mula sa kalangitan ang nagsasabi, "Ito ang pinakamamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan."

Tinukso ng Diyablo si Jesus

Mar 1:12-13; Luc 4:1-13

4 Pagkatapos nito, si Jesus ay dinala ng Banal na Espiritu sa ilang upang tuksuhin ng diyablo♦. **2** At pagkatapos niyang makapag-ayuno ng apatnapung araw at apatnapung gabi, siya ay nagutom. **3** At nang dumating sa kaniya ang manunukso ay sinabi nito, "Yamang ikaw ang Anak ng Diyos, sabihin mo sa mga batong ito na maging tinapay."

3:10 Luc 3:9; Jua 15:2,6
3:11 Mar 1:4,8
3:13 Mar 1:4
3:16 Jua 1:51; Gaw 7:56; Pah 4:1
3:17 Mat 17:5; Mar 1:11; Luc 3:22; Gaw 13:33; Heb 1:1-5; 2Pe 1:17
4:1 Heb 4:15
4:3 Mar 3:11; Luc 1:35; Jua 1:34, 49; Gaw 9:20; Rom 1:4; 1Te 3:5; 1Jn 5:10-13,20; Pah 2:18

4 Ngunit si Jesus ay sumagot na nagsasabi, “Ito ang
nasusulat, ‘Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay
lamang kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng
Diyos.’ ”

Deu 8:3

5 Pagkatapos nito, siya ay dinala ng diyablo sa banal
na lungsod at siya ay pinatayo sa taluktok ng templo♦ **6** at
sinabi niya sa kaniya, “Yamang ikaw ang Anak ng Diyos,
magpatihulog ka sapagkat ito ang nasusulat, ‘Uutusan niya
ang kaniyang mga anghel para sa iyo’ at ‘bubuhatin ka ng
kanilang mga kamay upang hindi tatama sa bato ang iyong
paa.’ ”

Awi 91:11-12

7 Sumagot si Jesus sa kaniya, “Muli, ito ang nasusulat,
‘Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos.’ ”

Deu 6:16

4:4 Jua 4:34
4:7 Rom 16:20; 2Co 2:11; 2Te 2:9; Pah 12:9
4:10 Mar 4:15; Luc 10:18
4:11 Luc 22:43; Heb 1:14; San 4:7
4:13 Mar 1:21; Luc 4:23,31; Jua 2:12
4:16 Luc 2:32; Jua 5:35

8 Siya ay muling dinala ng diyablo sa isang napakataas na
bundok at ipinakita sa kaniya ang lahat ng mga kaharian ng
sanlibutan at ang kaluwalhatian ng mga ito, **9** at sinabi niya
sa kaniya, “Lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa iyo
kung ikaw ay magpatirapa at sasamba sa akin.”

10 Pagkatapos nito, sinabi ni Jesus sa kaniya, “Satanas,
lumayo ka! Sapagkat ito ang nasusulat, ‘Sasambahin mo
ang Panginoon mong Diyos at siya lamang ang iyong
paglilingkuran.’ ”

Deu 6:13

11 Pagkatapos nito, siya ay iniwan ng diyablo, at narito,
lumapit ang mga anghel at pinaglingkuran siya.

Nagsimulang Mangaral si Jesus

Mar 1:14-20; Luc 4:14-15

12 Ngunit nang narinig ni Jesus na si Juan ay nabilanggo,
siya ay umalis patungo sa Galilea. **13** At nang siya ay umalis
sa Nazaret, siya ay pumunta at nanirahan sa Capernaum
na nasa tabi ng dagat, sa may hangganan ng Zebulon at
Neftali **14** upang matupad ang sinabi ni propeta Isaias na
sinasabi, **15** “Ang lupain ng Zebulon at ang lupain ng Neftali,
sa daanan sa gawing dagat, sa ibayo ng Jordan, Galilea ng
mga Gentil♦: **16** Ang mga taong nananahan sa kadiliman ay
nakakita ng dakilang liwanag, at sa kanila na nananahan sa
lalawigan at sa lilim ng kamatayan ay sumikat ang liwanag.”

Isa 9:1-2

17 Mula sa panahong iyon, si Jesus ay nagsimulang
magpahayag at magsabi, “Magsisi kayo sapagkat malapit na
ang paghahari ng langit.”

Tinawag ni Jesus ang Unang mga Alagad

Mar 1:16-20; Jua 1:35-51

18 At habang si Jesus ay naglalakad sa tabi ng dagat ng
Galilea, nakita niya ang dalawang magkapatid na sina Simon
na tinatawag na Pedro at Andres na kaniyang kapatid, na
naghahagis ng lambat sa dagat dahil sila ay mga mangingisda.
19 Sinabi niya sa kanila, "Sumunod kayo sa akin at gagawin ko
kayong mga mamamalakaya ng mga tao." **20** Kaya kaagad nilang
iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod sa kaniya.
21 At habang siya ay naglalakad mula roon, nakita niya sa
bangka ang dalawa pang magkapatid, sina Santiago na anak
ni Zebedeo at Juan na kaniyang kapatid, kasama ang kanilang
amang si Zebedeo. Sila ay naghahayuma* ng kanilang mga
lambat. Sila ay tinawag ni Jesus. **22** Kaya kaagad nilang iniwan
ang bangka at ang kanilang ama, at sila ay sumunod sa kaniya.

May mga Pinagaling si Jesus sa Sinagoga

23 At nilibot ni Jesus ang buong Galilea na nagtuturo sa
kanilang mga sinagoga♦ at ipinapahayag ang ebanghelyo ng
paghahari at pinapagaling ang bawat uri ng sakit at bawat uri
ng karamdaman ng tao. **24** At ang ulat patungkol sa kaniya
ay lumaganap sa buong Siria kaya dinala nila sa kaniya ang
lahat ng mga mayroong iba't ibang malubhang sakit at mga
pinahihirapan ng mga karamdaman at yaong mga inaalihan
ng mga demonyo at yaong mga epileptiko at mga paralitiko,
at silang lahat ay pinagaling niya. **25** At sumunod sa kaniya
ang lubhang napakaraming tao na nagmula sa Galilea at sa
Decapolis at sa Jerusalem at sa Judea at sa kabilang ibayo ng
Jordan.

Ang Pangangaral sa Bundok

Luc 6:20-23

5 Nang nakita ni Jesus ang mga napakarami, siya ay umahon
sa bundok at nang siya ay umupo, lumapit sa kaniya
ang kaniyang mga alagad. **2** At ibinuka niya ang kaniyang
bibig at sila ay tinuruan niya na sinasabi, **3** "Pinagpala ang
mga dukha sa espiritu sapagkat sa kanila ang kaharian ng
langit. **4** Pinagpala ang mga nagdadalamhati sapagkat sila ay
aaliwin. **5** Pinagpala ang mga mapagpakumbaba sapagkat
mamanahin nila ang lupa. **6** Pinagpala ang mga nagugutom
at mga nauuhaw sa katuwiran sapagkat sila ay bubusugin.
7 Pinagpala ang mga mahabagin sapagkat sila ay kahahabagan.
8 Pinagpala ang mga may pusong dalisay sapagkat makikita

4:18 Mar 7:31; Jua 6:1
4:19 Mar 10:21, 28,52; Luc 5:28; Jua 1:43
4:21 Mar 3:17; Luc 8:51; Jua 21:2
4:23 Mar 1:39; 3:10; Luc 4:15,44; Jua 6:59; Gaw 10:38; 20:25
4:24 Mar 1:32; 2:3
4:25 Mar 3:7; Luc 6:17
5:4 Pah 7:17
5:5 Rom 4:13
5:7 San 2:13
5:8 Heb 12:14; Pah 22:4

* **4:21** *naghahayuma*: Ito ay ang pananahi ng napunit na lambat.

nila ang Diyos. 9Pinagpala ang mga mapagpayapa sapagkat
sila ay tatawaging mga anak ng Diyos. 10Pinagpala sila na
mga pinagmamalupitan dahil sa katuwiran sapagkat sa kanila
ang paghahari ng langit. 11Pinagpala kayo kapag kayo ay
hamakin, pagmamalupitan at pagwiwikaan nila ng lahat ng
uri ng masamang pananalita na mga kasinungalingan laban
sa inyo dahil sa akin. 12Magalak kayo at magsaya nang lubos
sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa kalangitan dahil sa
gayunding paraan ay pinagmalupitan nila ang mga propetang
nauna sa inyo.

Kayo ang Asin at Ilaw

Mar 4:21-23; Luc 8:16-18; 11:33-36; 14:33-35

5:9 Rom 8:14; 14:19
5:10 1Pe 3:14
5:11 Jua 15:21
5:12 Gaw 7:52; 2Co 6:10; Col 1:24; San 1:2; 1Pe 1:6
5:13 Mar 9:50; Luc 14:34
5:14 Jua 8:12
5:15 Mar 4:21; Luc 8:16
5:16 1Co 10:31; Flp 1:11; Tit 2:14
5:17 Jua 10:34; Rom 3:31
5:18 Mar 13:31; Luc 16:17
5:19 San 2:10
5:20 Jua 3:5

13"Kayo ang asin ng lupa. Ngunit kapag ang asin ay
mawalan ng alat, papaano ito mapapaalat? Wala na nga itong
kabuluhan kundi itapon sa labas at tapakan ng mga tao.
14"Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Ang isang lungsod na
nakatayo sa ibabaw ng isang burol ay hindi makakayang itago.
15Ang mga tao ay hindi nagsisindi ng ilawan at inilalagay ito
sa ilalim ng takalan°, kundi sa lalagyan ng ilawan at ito ay
nagliliwanag sa kanilang lahat na nasa bahay. 16Pagliwanagin
ninyo sa ganitong paraan ang inyong ilaw sa harapan ng
mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at
luluwalhatiin nila ang inyong Ama na nasa langit.

Ang Katuparan ng Kautusan

17"Huwag ninyong isipin na ako ay pumarito upang sirain
ang Kautusan o ang mga Propeta, ako ay pumarito hindi
upang sirain kundi upang tuparin. 18Katotohanang sinasabi
ko sa inyo, hanggang sa ang langit at ang lupa ay lilipas, ang
isang tuldok o ang isang kudlit* ay hinding-hindi lilipas mula
sa Kautusan hanggang sa ang lahat ay maganap. 19Kaya kapag
ang sinuman ay lalabag sa isa sa pinakamaliit na mga utos
na ito at magtuturo ng gayon sa mga tao, siya ay tatawaging
pinakamababa sa kaharian ng langit. Ngunit kapag ang
sinuman ay gaganap at magtuturo nito, siya ay tatawaging
dakila sa kaharian ng langit. 20Sapagkat sinasabi ko sa inyo
na kapag ang inyong katuwiran ay hindi hihigit sa katuwiran
ng mga eskriba at ng mga Fariseo, hinding-hindi kayo
makakapasok sa kaharian ng langit.

Ang Pagpatay

21"Narinig ninyo na ito ay sinabi sa kanila noong unang

* **5:18** *kudlit*: Isang maliit na tuldik na ginagamit sa pagsulat upang ipakita ang pagkakaiba ng dalawang katinig sa alpabeto ng Hebreo.

panahon, ‘Huwag kang papatay. Ngunit ang sinumang
makapatay ay mananagot sa paghuhukom.’
Exo 20:13; Deu 5:17

22Subalit sinasabi ko sa inyo na ang bawat isang napopoot
sa kaniyang kapatid nang walang dahilan ay mananagot sa
paghuhukom. At kapag ang sinuman ay magsabi sa kaniyang
kapatid, ‘Raca*!’ siya ay mananagot sa Sanhedrin♦, at kapag
ang sinuman ay magsasabi, ‘Hangal ka!’ Siya ay malalagay
sa panganib sa apoy ng impiyerno♦. **23**Kaya kapag ikaw ay
maghahandog ng iyong kaloob sa dambana♦ at doon ay maalala
mo na ang iyong kapatid ay may anumang laban sa iyo,
24iwanan mo ang iyong kaloob doon sa harap ng dambana,
unahin mong pumunta sa iyong kapatid upang makipagkasundo
at pagkatapos ay bumalik ka at ihandog ang iyong kaloob.
25Makipagkasundo ka kaagad sa nagsasakdal sa iyo habang
ikaw ay kasama niya sa daan. Kung hindi, ikaw ay ibibigay
ng nagsasakdal sa iyo sa hukom at ikaw ay ibibigay ng hukom
sa kawal at ikaw ay ipapasok sa bilangguan. **26**Katotohanang
sinasabi ko sa iyo, hinding-hindi ka makakalabas doon
hanggang sa hindi mo mabayaran ang huling sentimo°.

5:22 Mar 9:43; Luc 16:24; 1Co 13:5; Efe 4:26; San 1:19-20
5:28 2Pe 2:14
5:29 Mar 9:42-47; Luc 17:2; Rom 14:21; 1Co 8:13; 2Co 6:3
5:32 Luc 16:18

Ang mga Sanhi ng Pagkakasala

27“Narinig ninyo na ito ay sinabi sa kanila noong unang
panahon, ‘Huwag kang mangangalunya.’
Exo 20:14; Deu 5:18

28Ngunit sinasabi ko sa inyo na ang sinumang tumitingin sa
babae na nagnanasa sa kaniya, sa puso niya siya ay nagkasala
na ng pangangalunya sa kaniya. **29**At kung ang iyong kanang
mata ay nagpapatisod sa iyo, dukutin mo ito at itapon sapagkat
makakabuti sa iyo na mawala ang isa sa iyong mga bahagi at
hindi ang iyong buong katawan ang maitapon sa impiyerno.
30At kung ang iyong kanang kamay ay nagpapatisod sa iyo,
putulin mo ito at itapon mula sa iyo sapagkat makakabuti sa
iyo na mawala ang isa sa iyong mga bahagi at hindi ang iyong
buong katawan ang maitapon sa impiyerno.

Usaping Pakikiapid at Pangangalunya

Luc 16:18

31“At ito ay sinabi na, ‘Sinuman ang magpaalis sa kaniyang
asawang babae, siya ay magbigay ng kasulatan ng paghihiwalay
sa kaniya.’
Deu 24:1

32Ngunit sinasabi ko sa inyo na ang sinumang magpaalis sa

* **5:22** *Raca*: Ito ay isang salita mula sa wikang Aramaic ng malakas na pang-aabuso na may kaugnayan sa kakulangan sa katalinuhan o walang laman ang ulo.

kaniyang asawang babae, maliban sa usapin ng pakikiapid,
ay nagiging sanhi ng kaniyang pangangalunya. At kapag ang
sinuman ay magpakasal sa babaing pinaalis na ay nagkakasala
ng pangangalunya.

Ang Panunumpa

33"Muli, narinig ninyo na ito ay sinabi noong unang
panahon, 'Huwag kang susumpa nang may kasinungalingan,
kundi tutuparin mo ang mga sinumpaan mo sa Panginoon.'
Lev 19:12; Bil 30:2; Deu 23:21, 23

34Ngunit sinasabi ko sa inyo, huwag kang manumpa kailanman,
ni sa pamamagitan ng langit sapagkat ito ang trono ng Diyos,
35ni sa pamamagitan ng lupa sapagkat ito ang tuntungan ng
kaniyang mga paa, ni sa pamamagitan ng Jerusalem sapagkat
ito ang lungsod ng dakilang Hari, **36**ni huwag kang sumumpa sa
pamamagitan ng iyong ulo sapagkat hindi mo kayang gawing
maputi o maitim ang isang buhok. **37**Subalit hayaan mong ang
inyong pananalita ay dapat maging 'Oo' kung 'oo,' at 'Hindi'
kung 'hindi,' ngunit ang higit pa rito ay mula sa masama.

5:34 San 5:12
5:37 Jua 17:15; Efe 6:16; 2Te 3:3; San 5:12; 1Jn 2:13-14
5:39 Luc 6:28; Rom 12:17, 19; 1Pe 3:9
5:42 Luc 6:30
5:43 Mar 12:31; Luc 10:27; Rom 13:9; Gal 5:14; San 2:8
5:44 Luc 6:27-28; Jua 15:20; Gaw 7:60; Rom 8:35; 1Co 4:12; 1Pe 2:23
5:45 Luc 6:35; Rom 8:14

Mata sa Mata

Luc 6:29-30

38"Narinig ninyo na ito ay sinabi, 'Mata sa mata at ngipin sa
ngipin.'
Exo 21:24; Lev 24:20; Deu 19:21

39Ngunit sinasabi ko sa inyo na huwag kayong lumaban sa
masamang tao. Subalit ang sinumang sasampal sa iyong
kanang pisngi iharap mo rin sa kaniya ang kabila. **40**At ang
sinumang nagnanais na magsakdal sa iyo at kukuha ng iyong
tunika♦, hayaan mong kunin din niya ang iyong balabal. **41**At
ang sinuman pipilit sa iyo na magdala ng daladalahin ng isang
milya°, sumama ka sa kaniya sa dalawa. **42**Magbigay ka sa
kaniya na humihingi sa iyo at siya na nagnanais na humiram sa
iyo ay huwag mong tatalikuran.

Ibigin Mo ang Iyong Kaaway

Luc 6:27-36

43"Narinig ninyo na ito ay sinabi, 'Iibigin mo ang iyong
kapwa at kamumuhian mo ang iyong kaaway.'
Lev 19:18

44Ngunit sinasabi ko sa inyo na ibigin ninyo ang inyong mga
kaaway, sabihan ninyo ng mabuti sila na nag-aalimura sa
inyo, gawan ninyo ng mabuti ang mga namumuhi sa inyo,
manalangin kayo para sa kapakanan ng mga umaalipusta
sa inyo at ng mga nagmamalupit sa inyo **45**upang kayo ay

maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit sapagkat
siya ang nagpapasikat ng kaniyang araw sa mga masama at sa
mga mabuti, at nagpapaulan sa mga matuwid at sa mga hindi
matuwid. **46**Dahil kapag iibigin ninyo ang mga umiibig sa inyo,
anong gantimpala ang nakakamtan ninyo? Hindi ba ganiyan
din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis? **47**At kapag
ang inyong mga kapatid lamang ang inyong babatiin, ano ang
ginagawa ninyong higit? Hindi ba ganiyan din ang ginagawa
ng mga maniningil ng buwis? **48**Kaya kayo ay magpakasakdal
kung paanong ang inyong Ama na nasa langit ay sakdal.

Ang Pagtulong sa Nangangailangan

6 "Mag-ingat kayo, huwag isagawa ang inyong kawanggawa
sa harapan ng mga tao upang makita nila. Sapagkat kung
magkagayon, hindi kayo magkakaroon ng gantimpala mula sa
inyong Ama na nasa langit. **2**Kaya kapag ikaw ay gumagawa
ng kawanggawa, huwag mong patunugin ang trumpeta sa iyong
unahan katulad ng ginagawa ng mga mapagpaimbabaw sa mga
sinagoga at sa mga daan upang sila ay maluwalhati ng mga
tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, tinatanggap na nila ang
kanilang gantimpala. **3**Ngunit kapag ikaw ay gumagawa ng
kawanggawa, hindi dapat malaman ng iyong kaliwang kamay
ang anumang ginagawa ng iyong kanang kamay **4**upang ang
iyong kawanggawa ay maililihim at ang iyong Ama na siyang
nakakakita ng lihim ang siyang magbibigay-gantimpala sa iyo
nang hayagan.

5:46 Luc 6:32
5:48 1Pe 1:16
6:4 Col 3:23-24
6:5 Mar 11:25; Luc 18:10-14
6:9 1Pe 1:17

Ang Katuruan Patungkol sa Pananalangin

Luc 11:1-4

5"At kapag ikaw ay nananalangin, huwag kang maging
katulad ng mga mapagkunwari sapagkat gustung-gusto nilang
tumayo sa mga sinagoga at sa mga panulukan ng mga daan
upang manalangin, nang sa gayon sila ay makita ng mga tao.
Katotohanang sinasabi ko sa inyo, tinatanggap na nila ang
kanilang gantimpala. **6**Ngunit kapag ikaw ay nananalangin,
pumasok ka sa iyong silid at pagkatapos mong isara ang pinto,
manalangin ka sa iyong Ama ng palihim at ang iyong Ama
na nagmamasid ng palihim ang magbibigay-gantimpala sa iyo
nang hayagan. **7**At kapag kayo ay nananalangin, huwag ninyong
gamitin ang mga paulit-ulit na mga walang kabuluhan katulad
ng mga Gentil sapagkat inaakala nila na sa kanilang maraming
salita, sila ay pakikinggan.

8"Kaya huwag kayong tumulad sa kanila sapagkat alam na
ng inyong Ama kung anu-ano ang inyong mga pangangailangan
bago kayo humiling sa kaniya. **9**Kaya manalangin kayo sa

ganitong paraan: Ama namin na nasa langit, pakabanalin
ang pangalan mo. 10 Hayaang dumating ang iyong paghahari.
Hayaang mangyari ang iyong kalooban kung paano sa langit
ay gayundin sa lupa. 11 Ibigay mo sa amin sa araw na ito ang
pang-araw-araw naming pagkain. 12 Patawarin mo kami sa
aming mga pagkakautang, kung paano rin kami nagpapatawad
sa mga nagkakautang sa amin. 13 At huwag mo kaming dalhin
sa tukso sa halip ay iligtas mo kami mula sa masama sapagkat
sa iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kaluwalhatian
magpakailanman. Siya nawa.

14 "Dahil kapag nagpatawad kayo sa mga tao sa kanilang
mga pagsalangsang, papatawarin din kayo ng inyong Ama na
nasa langit. 15 Ngunit kapag hindi kayo nagpatawad sa mga tao
sa kanilang mga pagsalangsang, hindi rin kayo papatawarin ng
inyong Ama sa inyong mga pagsalangsang.

Ang Katuruan Patungkol sa Pag-aayuno

6:13 San 1:13
6:14 Mar 11:25-26; Efe 4:32; Col 3:13
6:19 Luc 12:16-21; Heb 13:5; San 5:2-3
6:20 Luc 12:33; 1Ti 6:19
6:21 Luc 12:34

16 "At kapag kayo ay nag-aayuno, huwag kayong maging
katulad ng mga mapagpaimbabaw na malungkot ang mga
mukha sapagkat pinapalungkot nila ang kanilang mga
mukha upang sila ay magpakitang nag-aayuno sa mga tao.
Katotohanang sinasabi ko sa inyo, tinatanggap na nila ang
kanilang gantimpala. 17 Ngunit ikaw, sa iyong pag-aayuno,
langisan mo ang iyong ulo at hugasan mo ang iyong mukha
18 nang sa gayon ay hindi ka magpakitang nag-aayuno sa mga
tao kundi sa iyong Ama na nasa lihim, at ang iyong Ama na
siyang nakakakita sa lihim ang maggagantimpala sa iyo nang
hayagan.

Ang Kayamanan sa Langit

Luc 12:33-34

19 "Huwag kayong mag-ipon para sa inyong sarili ng
kayamanan sa lupa kung saan ang tanga* at ang kalawang
ay nakakapanira at kung saan ang mga magnanakaw ay
nakakapanloob at nakakapagnakaw. 20 Sa halip mag-ipon
kayo para sa inyong sarili ng kayamanan sa langit kung saan
kahit ang tanga ni ang kalawang ay hindi nakakapanira at
kung saan ang mga magnanakaw ay hindi nakakapanloob, ni
nakakapagnakaw. 21 Ito ay sapagkat kung saan naroroon ang
inyong kayamanan ay magiging doon din ang inyong puso.

22 "Ang ilawan ng katawan ay ang mata. Kaya kapag malinaw
ang iyong mata, ang iyong buong katawan ay magiging
maliwanag. 23 Subalit kapag ang iyong mata ay masama,

* **6:19** *tanga*: Isang uri ng kulisap na kahawig ng paruparo at lumilipad sa gabi.

mapupuno ng kadiliman ang iyong buong katawan. Kaya kung ang liwanag na nasa iyo ay kadiliman, gaano katindi ang kadilimang iyan!

24"Walang sinuman ang makakayanang maglingkod sa dalawang panginoon sapagkat maaaring kamumuhian niya ang isa at iibigin ang iba, o kakapitan niya ang isa at hahamakin ang iba. Hindi ninyo makakayanang maglingkod sa Diyos at sa kayamanan.

Huwag Kayong Mabalisa

Luc 12:22-31

25"Dahil dito, sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mabalisa sa inyong buhay kung ano ang inyong kakainin, o kung ano ang inyong iinumin, o kung ano ang inyong isusuot sa inyong katawan. Hindi ba ang buhay ay higit pa sa pagkain at ang katawan sa damit? **26**Masdan ninyo ang mga ibon sa himpapawid, hindi sila naghahasik, ni gumagapas, ni nag-iipon sa mga kamalig ngunit sila ay pinapakain ng inyong Ama na nasa langit. Hindi ba higit pa kayong mahalaga kaysa sa kanila? **27**Sino sa inyo na sa pamamagitan ng pagkabalisa ay nakakayanang magdagdag ng isang siko° sa kaniyang tangkad?

28"At bakit kayo nababalisa patungkol sa pananamit? Pagmasdan ninyong mabuti ang mga liryo sa parang kung paano sila lumalaki. Hindi sila gumagawa, ni nagsisinulid.* **29**Ngunit sinasabi ko sa inyo na kahit si Solomon mismo ay hindi nakapagdamit nang katulad ng isa sa mga ito sa kaniyang buong kaluwalhatian. **30**Ngunit kung ganito dinaramtan ng Diyos ang damo sa parang na ngayon ay nabubuhay at bukas ay itatapon sa pugon, hindi ba lalong higit kayo, kayong maliit ang pananampalataya?

31"Kaya huwag kayong mabalisa na nagsasabi, 'Ano ang aming kakainin?' o, 'Ano ang aming iinumin?' o, 'Ano ang aming daramtin?' **32**(sapagkat ang lahat ng mga bagay na ito ang hinahanap ng mga Gentil) dahil alam na ng inyong Ama na nasa langit na kinakailangan ninyo ang lahat ng mga bagay na ito. **33**Subalit hanapin muna ninyo ang paghahari ng Diyos at ang kaniyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay idadagdag sa inyo. **34**Kaya huwag kayong mabalisa para sa kinabukasan sapagkat ang kinabukasan ang mababalisa sa mga bagay para sa kaniyang sarili. Sapat na para sa araw na ito ang kasamaan nito.

6:24 Luc 16:13
6:25 Luc 10:41
6:30 Luc 12:28

* **6:28** *nagsisinulid*: Ito ang paraan ng paggawa ng sinulid.

Huwag Humatol sa Kapwa

Luc 6:37-42

7 "Huwag kayong humatol upang hindi kayo mahatulan
2 sapagkat sa hatol na inyong inihahatol ay hahatulan
kayo at sa sukat na inyong ipinangsusukat ay susukatin kayo.
3 Bakit mo tinitingnan ang puwing sa mata ng iyong kapatid
ngunit hindi mo pinupuna ang troso sa iyong mata? 4 At paano
mo sasabihin sa iyong kapatid, 'Hayaan mong maalis ko ang
puwing sa iyong mata,' ngunit narito, ang troso ay nasa iyong
mata? 5 Mapagpaimbabaw ka! Alisin mo muna ang troso mula
sa iyong mata at pagkatapos ay makakakita kang malinaw
upang iyong maalis ang puwing mula sa mata ng iyong kapatid.
6 "Hindi ninyo dapat ibigay sa mga aso yaong banal, ni hindi
ninyo dapat ihagis ang inyong mga perlas sa harap ng mga
baboy; baka yurakan nila ang mga ito ng kanilang mga paa at
sa kanilang pagbalik ay lapain kayo.

Humingi, Maghanap, Kumatok

Luc 11:9-13

7 "Humiling kayo at ito ay ibibigay sa inyo. Maghanap kayo
at kayo ay makakasumpong. Kumatok kayo at ito ay bubuksan
sa inyo 8 sapagkat ang bawat isang humihiling ay tumatanggap
at siya na naghahanap ay nakakasumpong at siya na kumakatok
ay pagbubuksan. 9 Ano ang taong mula sa inyo ang magbibigay
ng bato sa kaniyang anak kapag siya ay humiling ng tinapay?
10 O magbibigay ng ahas kapag siya ay hihiling ng isda?
11 Kaya kung kayo na masasama ay marunong magbigay ng
mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang
inyong Ama na nasa langit, na magbibigay ng mabubuting
bagay sa kanila na humihiling sa kaniya? 12 Kaya nga, ang lahat
ng mga bagay na ninanais ninyong gawin ng mga tao sa inyo,
gayon nga ang gawin ninyo sa kanila sapagkat ito ang Kautusan
at ang mga Propeta.

Ang Makipot at ang Maluwang na Daan

Luc 13:24

13 "Pumasok kayo sa makipot na tarangkahan sapagkat
malapad ang tarangkahan at malawak ang daang patungo sa
kapahamakan ngunit marami yaong nagsisipasok doon 14 dahil
makipot ang tarangkahan at makitid ang daang patungo sa
buhay at kaunti yaong nakakasumpong nito.

Ang Puno at ang Bunga Nito

Mat 12:33-37; Luc 6:43-45

15 "Mag-ingat kayo mula sa mga bulaang propeta na

7:1 Luc 6:37; Rom 14:4; 1Co 4:5; San 4:11-12
7:2 Mar 4:24; Luc 6:38; Rom 2:1
7:7 Jua 14:13-14; San 1:5-8; 1Jn 3:22
7:11 San 1:17
7:12 Luc 6:31; Rom 13:8-10; Gal 5:14
7:13 Luc 13:24; Jua 10:7,9
7:15 Luc 6:26; Gaw 20:29; 2Pe 2:1; 1Jn 4:1; Pah 16:13

lumalapit sa inyo sa kasuotang tupa ngunit sa loob, sila ay
mababangis na lobo. 16Makikilala ninyo sila sa pamamagitan
ng kanilang mga bunga. Nakakapag-ipon ba ng ubas mula sa
mga tinik o ng mga igos mula sa mga dawag? 17Sa gayunding
paraan ang bawat mabuting punongkahoy ay nagbubunga
ng mababuting bunga, ngunit ang masamang punongkahoy
ay nagbubunga ng masasamang bunga. 18Ang mabuting
punongkahoy ay hindi makakayang magbunga ng masasamang
bunga at ang masamang punongkahoy ay hindi magagawang
magbunga ng mababuting bunga. 19Ang bawat punongkahoy
na hindi nagbubunga ng mabuting bunga ay pinuputol at
inihahagis sa apoy. 20Kaya nga mula sa kanilang mga bunga ay
makikilala ninyo sila.

21"Hindi ang bawat isa na nagsasabi sa akin, 'Panginoon,
Panginoon,' ay makakapasok sa kaharian ng langit, kundi
siya na gumagawa ng kalooban ng aking Ama na nasa
langit. 22Marami ang magsasabi sa akin sa araw na iyon,
'Panginoon, Panginoon, hindi ba sa iyong pangalan kami ay
nagpahayag at sa iyong pangalan ay nagpalayas kami ng mga
demonyo at sa iyong pangalan ay gumawa kami ng maraming
makapangyarihang mga gawa?' 23Kung gayon, ipahahayag
ko sa kanila, 'Kailanman ay hindi ko kayo nakilala. Lumayo
kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng hindi pagkilala sa
kautusan!'

Ang Matalino at Mangmang na Tagapagpatayo

Luc 6:47-49

24"Kaya ang sinumang dumirinig sa mga salita kong ito
at isinasagawa ang mga ito, siya ay ihahalintulad ko sa isang
lalaking matalino na nagtayo ng kaniyang bahay sa ibabaw ng
bato. 25At bumuhos ang ulan at dumating ang baha at umihip
ang hangin at kanilang hinampas ang bahay na iyon, ngunit
iyon ay hindi bumagsak sapagkat iyon ay nakatatag sa ibabaw
ng bato.

26"At ang bawat isang dumirinig sa mga salita kong ito at
hindi isinasagawa ang mga ito ay maihahalintulad sa isang
lalaking mangmang na nagtayo ng kaniyang bahay sa ibabaw
ng buhangin. 27At bumuhos ang ulan at dumating ang mga
baha at umihip ang mga hangin at kanilang hinampas ang
bahay na iyon at iyon ay bumagsak at lubos ang kaniyang
pagkawasak."

28At nangyari, nang natapos ni Jesus ang mga pananalitang
ito, ang napakaraming tao ay nanggilalas sa kaniyang katuruan
29sapagkat sila ay tinuturuan niya katulad ng isang may
kapamahalaan at hindi katulad ng mga eskriba.

7:16
Luc 6:44;
San 3:12
7:18
Luc 6:43
7:21
Jua 13:13;
Rom 2:13;
San 1:22;
1Jn 3:18
7:22
Luc 10:20;
1Co 13:1-3
7:23
Luc
13:25-27
7:24
San
1:22-25
7:28
Mar 1:22;
Luc 4:32;
Jua 7:46

Nilinis ni Jesus ang Lalaking Ketongin

Mar 1:40-45; Luc 5:12-14

8 Nang si Jesus ay bumaba mula sa bundok, siya ay sinundan
ng lubhang napakaraming tao. **2** At narito, may lumapit na
isang ketongin at sinamba siya na nagsasabi, “Panginoon kung
nanaisin mo ay makakaya mong linisin ako.”
3 Iniunat ni Jesus ang kaniyang kamay at hinawakan siya na
nagsasabi, “Ninanais ko. Maging malinis ka.” At ang kaniyang
ketong ay nalinis kaagad.
4 At sinabi ni Jesus sa kaniya, “Ingatan mo na hindi ito
masabi kaninuman sa halip ay humayo ka at ipakita mo ang
iyong sarili sa saserdote at maghain ka ng kaloob ayon sa inutos
ni Moises bilang patotoo♦ sa kanila.”

Ang Senturion ay Sumampalataya

Luc 7:1-10

5 Nang pumasok si Jesus sa Capernaum, isang senturion♦ ang
lumapit sa kaniya at nagsusumamo sa kaniya **6** na nagsasabi,
“Panginoon, nakaratay sa bahay ang aking lingkod na lumpo at
lubhang nahihirapan.”
7 Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Ako ay paroroon at pagagalingin
siya.”
8 Ngunit ang senturion ay sumagot at sinabi, “Panginoon, ako
ay hindi karapat-dapat na ikaw ay papasukin sa aking bahay.
Ngunit sabihin mo lamang ang salita at mapapagaling mo ang
aking lingkod **9** sapagkat ako rin ay isang taong nasa ilalim ng
kapamahalaan na may nasasakupang mga kawal. Sinasabi ko sa
isa, ‘Humayo ka,’ at siya ay humahayo. At sa iba, ‘Pumarito ka,’
at siya ay pumaparito. At sa aking alipin, ‘Gawin mo ito,’ at ito
ay kaniyang ginagawa.”
10 Namangha si Jesus nang ito ay narinig niya kaya sinabi
niya sa kanila na sumusunod, “Katotohanang sinasabi ko sa
inyo, hindi ko pa natagpuan sa Israel ang ganito kalaking
pananampalataya. **11** At sinasabi ko sa inyo na marami ang
darating na nagmula sa silangan at kanluran at mauupong
kasama ni Abraham, ni Isaac at ni Jacob sa kaharian ng langit.
12 Ngunit ang mga anak ng kaharian ay itatapon sa kadilimang
nasa labas. Doon ay magkakaroon ng pagtangis at pagngangalit
ng mga ngipin.” **13** At sinabi ni Jesus sa senturion, “Humayo
ka at mangyari ang ayon sa iyong pananampalataya.” At ang
kaniyang lingkod ay gumaling sa oras ding iyon.

Pinagaling ni Jesus ang Maraming Tao

Mar 1:29-34; Luc 4:38-41

14 At nang dumating si Jesus sa bahay ni Pedro, nakita

8:2 Luc 5:12
8:4 Mar 5:43; Luc 4:41; 17:14
8:11 Luc 13:29
8:12 Luc 13:28

niya ang biyenang babae nito na nakaratay at nilalagnat.
15 At hinawakan ni Jesus ang kamay ng babae at nawala
ang kaniyang lagnat. At siya ay bumangon at naglingkod sa
kanila.
16 Kinagabihan, dinala nila sa kaniya ang maraming
inaalihan ng mga demonyo. Sa isang salita pinalayas niya
ang masasamang espiritu at pinagaling ang lahat na mga
maysakit 17 upang matupad ang sinabi sa pamamagitan ni
propeta Isaias na nagsasabi, "Kinuha niya ang ating mga
karamdaman at dinala niya ang ating mga sakit."

Isa 53:4

Ang Halaga ng Pagsunod kay Jesus

Luc 9:57-62

18 Nang nakita ni Jesus ang lubhang napakaraming tao
sa palibot niya, siya ay nag-utos upang tumawid patungo sa
kabilang ibayo. 19 At may isang eskribang lumapit sa kaniya
na nagsabi, "Guro, susunod ako sa iyo kahit saan ka man
pupunta."
20 At sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ang mga sora ay may mga
lungga at ang mga ibon sa himpapawid ay may mga pugad,
ngunit ang Anak ng Tao♦ ay walang mapaghihiligan ng
kaniyang ulo."
21 At isa sa kaniyang mga alagad ang nagsabi sa kaniya,
"Panginoon, pahintulutan mo muna ako na umuwi at ilibing
ang aking ama."
22 Ngunit sinabi ni Jesus sa kaniya, "Sumunod ka sa akin
at hayaan mo ang mga patay na ilibing ang kanilang mga
patay."

8:18
Mar 4:35
8:20
Mar 2:10

Pinatigil ni Jesus ang Bagyo

Mar 4:35-41; Luc 8:22-25

23 At pagkasakay niya sa bangka, sumunod sa kaniya
ang kaniyang mga alagad. 24 At narito, nagkaroon ng isang
malakas na bagyo sa dagat kung kaya ang bangka ay
naaapawan ng malalakas na alon ngunit si Jesus ay natutulog.
25 Kaya lumapit sa kaniya ang kaniyang mga alagad at
ginising siya na nagsasabi, "Panginoon, iligtas mo kami,
kami ay napapahamak."
26 Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, "Bakit kayo natatakot,
O kayong maliit ang pananampalataya?" At pagkabangon
niya ay kaniyang sinaway ang mga hangin at ang dagat at
nagkaroon ng lubos na kapayapaan. 27 Kaya ang mga tao ay
namangha na nagsasabi, "Anong uri ng tao ito na kahit ang
mga hangin at ang dagat ay sumusunod sa kaniya?"

Ang Dalawang Inaalihan ng Demonyo

Mar 5:1-20; Luc 8:26-39

28 At nang dumating siya sa kabilang ibayo, sa lupain ng mga
Gadareno, sinalubong siya ng dalawang lalaki na inaalihan ng
mga demonyo. Sila ay mula sa mga libingan at sila ay lubhang
mababangis, kung kaya walang sinuman ang may kakayahang
dumaan sa daang iyon. **29** At narito, sila ay sumigaw na
nagsasabi, "Ano ito sa amin at sa iyo, Jesus, Anak ng Diyos?
Naparito ka ba upang kami ay pahirapan bago dumating ang
panahon?"

30 Sa hindi kalayuan mula sa kanila ay may kawan ng
maraming baboy na nanginginain. **31** Kaya nagsumamo sa
kaniya ang mga demonyo na nagsasabi, "Kung palalayasin mo
kami, pahintulutan mo kaming pumaroon sa kawan ng mga
baboy."

32 Kaya sinabi niya sa kanila, "Humayo kayo." At pagkalabas
nila, sila ay pumasok sa kawan ng mga baboy, at narito, ang
buong kawan ng mga baboy ay tumakbong palusong sa bangin
patungo sa dagat at ang mga ito ay namatay sa tubig.

8:29 Mar 1:24; Jua 2:4; 2Pe 2:4
8:34 Luc 5:8; Gaw 16:39
9:2 Luc 7:48; Jua 16:33
9:3 Jua 10:33
9:4 Luc 6:8; Jua 2:25

33 At ang mga tagapag-alaga niyaon ay tumakbo at nang
sila ay nakarating sa lungsod, kanilang ipinamalita ang lahat
maging ang mga nangyari sa mga inaalihan ng mga demonyo.
34 Kaya narito, ang buong lungsod ay lumabas upang salubungin
si Jesus. At nang siya ay nakita nila, sila ay nagsumamo na siya
ay umalis mula sa mga hangganan ng kanilang lupain.

Pinagaling ni Jesus ang Paralitiko

Mar 2:1-12; Luc 5:17-26

9 Sumakay si Jesus sa bangka, naglayag at dumating sa
kaniyang sariling lungsod. **2** At narito, dinala nila sa kaniya
ang isang lalaking paralitiko na nakahiga sa higaan. At nang
nakita ni Jesus ang kanilang pananampalataya, sinabi niya sa
paralitiko, "Anak, lakasan mo ang iyong loob, pinatawad na sa
iyo ang iyong mga kasalanan."

3 Narito, ang ilan sa mga eskriba ay nagsabi sa kanilang mga
sarili, "Ang taong ito ay naglalapastangan."

4 Si Jesus na nakakaalam ng kanilang mga kaisipan ay
nagsabi, "Bakit kayo nag-iisip ng masama sa inyong mga
puso? **5** Alin ba ang higit na madaling sabihin, 'Pinatawad na
ang iyong mga kasalanan,' o ang sabihin, 'Bumangon ka at
lumakad ka'? **6** Ngunit upang inyong malaman na ang Anak ng
Tao ay may kapamahalaang magpatawad ng mga kasalanan
sa lupa" (pagkatapos ay sinabi niya sa paralitiko), "Tumindig
ka, buhatin mo ang iyong higaan at umuwi ka sa iyong bahay."
7 Kaya siya ay tumindig at umalis patungo sa kaniyang bahay.

8 Ngunit nang ito ay nakita ng napakaraming tao, sila ay
namangha at niluwalhati nila ang Diyos na siyang nagbigay ng
gayong kapamahalaan sa mga tao.

Tinawag ni Jesus si Mateo

Mar 2:13-17; Luc 5:27-32

9 At habang si Jesus ay naglalakad mula roon, nakita niya ang
isang lalaki na tinatawag na Mateo na nakaupo sa paningilan ng
buwis. At sinabi ni Jesus sa kaniya, "Sumunod ka sa akin." At
siya ay tumindig at sumunod sa kaniya.
10 At nangyari, nang si Jesus ay nakadulog sa hapag-
kainan sa isang bahay, narito, dumating ang maraming mga
maniningil ng buwis at mga makasalanan. Sila ay dumulog
sa hapag-kainan kasama ni Jesus at ng kaniyang mga alagad.
11 Nang nakita ito ng mga Fariseo, sinabi nila sa kaniyang mga
alagad, "Bakit ang inyong Guro ay kumakaing kasalo ng mga
maniningil ng buwis at ng mga makasalanan?"
12 Ngunit nang narinig iyon ni Jesus ay sinabi niya sa
kanila, "Ang mga walang sakit ay hindi nangangailangan ng
manggagamot kundi ang mga maysakit. 13 Subalit humayo kayo
at pag-aralan ninyo kung ano ang kahulugan nito, 'Habag ang
ninanais ko at hindi hain'

Ose 6:6

sapagkat ako ay hindi pumarito upang tawagin ang mga
matuwid, kundi ang mga makasalanan sa pagsisisi."

Tinanong si Jesus Patungkol sa Pag-aayuno

Mar 2:18-22; Luc 5:33-39

14 Pagkatapos nito ay lumapit sa kaniya ang mga alagad
ni Juan na nagsasabi, "Bakit kami at ang mga Fariseo ay
madalas na nag-aayuno ngunit ang iyong mga alagad ay hindi
nag-aayuno?"
15 At sinabi ni Jesus sa kanila, "Maaari bang magluksa
ang mga anak ng silid-kasalan* habang ang lalaking ikakasal
ay kasama nila? Ngunit darating ang mga araw kung kailan
kukunin mula sa kanila ang lalaking ikakasal. Pagkatapos
nito sila ay mag-aayuno. 16 At walang sinumang nagtatagpi
ng bagong tela sa lumang damit sapagkat ang tagpi nito ay
bumabatak sa damit at ang punit nito ay lalong lumalala.
17 Hindi sila nagsasalin ng bagong alak sa mga lumang
sisidlang-balat sapagkat, kapag magkagayon, pumuputok ang
mga sisidlang-balat, nabubuhos ang alak at masisira ang mga

9:8 Luc 7:16; Jua 15:8; Gaw 4:21
9:11 Luc 5:30; Gal 2:15
9:13 Luc 19:10; 1Ti 1:15
9:14 Luc 18:12
9:15 Jua 3:29; Gaw 13:2-3

* **9:15** *anak ng silid-kasalan*: Ito ay idyomang Hebreo na tumutukoy sa mga panauhin sa kasalan, mga taong kabilang o may bahagi sa kasalan tulad ng mga abay sa kasal.

sisidlang-balat. Ngunit isinasalin nila ang bagong alak sa mga
bagong sisidlang-balat at kapwa tumatagal ang mga ito."

Ang Babaing Maysakit at ang Batang Babaing Namatay

Mar 5:21-43; Luc 8:40-56

18 Samantalang sinasabi ni Jesus ang mga bagay na ito sa
kanila, narito, dumating ang isang pinuno na sumasamba sa
kaniya at nagsasabi, "Kamamatay pa lamang ng aking anak
na babae ngunit sumama ka sa akin at ipatong mo ang iyong
kamay sa kaniya at siya ay mabubuhay." **19** Kaya si Jesus ay
tumindig at sumama sa kaniya gayundin ang kaniyang mga
alagad.

20 At narito, isang babaing labindalawang taon nang
dinudugo ang lumapit sa kaniya, mula sa likuran, at hinawakan
ang laylayan ng kaniyang damit **21** sapagkat sinabi ng babae sa
kaniyang sarili, "Kapag mahawakan ko lamang ang kaniyang
damit, ako ay gagaling." **22** Ngunit si Jesus ay lumingon at
pagkakita niya sa babae ay sinabi niya, "Anak, lakasan mo ang
iyong loob, pinagaling ka ng iyong pananampalataya." At ang
babae ay gumaling mula sa oras ding iyon.

23 Nang si Jesus ay dumating sa bahay ng pinuno at nakita
niya ang mga tumutugtog ng plawta at ang napakaraming
tao na nagkakagulo, **24** sinabi niya sa kanila, "Lumabas kayo
sapagkat ang batang babae ay hindi namatay kundi natutulog
lamang." At siya ay kanilang pinagtawanan. **25** At nang
napalabas na ang napakamaraming tao, siya ay pumasok
at hinawakan niya ang kamay nito at ang batang babae ay
bumangon. **26** At ang katanyagan nito ay lumaganap sa buong
lupaing iyon.

9:18 Mar 5:23
9:20 Mar 3:10; Luc 6:19
9:22 Mar 10:52; Luc 7:50; Jua 16:33
9:24 Jua 11:11-14; Gaw 20:10; 1Co 11:30; 1Te 4:13-16
9:25 Luc 7:14
9:26 Mar 1:28; Luc 4:14,37
9:27 Mar 10:47
9:28 Gaw 14:9
9:31 Mar 7:36

Pinagaling ni Jesus ang Bulag at Pipi

27 Habang papaalis si Jesus doon, siya ay sinundan ng
dalawang lalaking bulag na sumisigaw at nagsasabi, "Anak ni
David, mahabag ka sa amin."

28 At nang pumasok siya sa isang bahay, ang mga lalaking
bulag ay lumapit sa kaniya. Sinabi ni Jesus sa kanila,
"Sumasampalataya ba kayo na ito ay makakaya kong gawin?"

Sinabi nila sa kaniya, "Oo, Panginoon."

29 Pagkatapos nito ay hinawakan niya ang kanilang mga
mata na sinasabi, "Mangyari sa inyo ang ayon sa inyong
pananampalataya." **30** At namulat ang kanilang mga mata.
Ngunit mahigpit na ipinagbilin sa kanila ni Jesus na sinasabi,
"Ingatan ninyong huwag itong malaman ng sinuman." **31** Ngunit
nang sila ay nakaalis, ipinamalita nila ang katanyagan ni Jesus
sa buong lupaing iyon.

32 At habang sila ay papaalis, narito, dinala sa kaniya ng
mga tao ang isang lalaking pipi na inaalihan ng demonyo. 33 At
nang napalayas niya ang demonyo, ang pipi ay nagsalita at ang
napakaraming tao ay namangha na sinasabi, “Kailanman ay
wala pang nakitang ganito sa Israel.”
34 Ngunit sinabi ng mga Fariseo, “Siya ay nagpapalayas ng
mga demonyo sa pamamagitan ng pinuno ng mga demonyo.”

Kakaunti ang mga Manggagawa

35 At ang lahat ng mga lungsod at mga nayon ay nilibot ni
Jesus na nagtuturo sa kanilang mga sinagoga at ipinapahayag
ang ebanghelyo ng paghahari at pinapagaling ang bawat sakit
at bawat karamdaman ng mga tao. 36 Ngunit nang makita niya
ang napakaraming tao, siya ay nahabag sa kanila sapagkat
sila ay nanlulupaypay at nangalat katulad ng mga tupang
walang pastol. 37 Pagkatapos nito ay sinabi niya sa kaniyang
mga alagad, “Totoong marami ang anihin ngunit kakaunti ang
mga manggagawa. 38 Dumalangin nga kayo sa Panginoon ng
anihan upang magpadala siya ng mga manggagawa sa kaniyang
anihan.”

Isinugo ang Labindalawang Alagad

Mar 3:13-19; 6:7-13; Luc 6:12-16; 9:1-6

10 At nang matawag na ni Jesus sa kaniya ang kaniyang
labindalawang alagad, sila ay binigyan niya ng
kapangyarihan sa mga karumal-dumal na espiritu upang
palayasin sila, at upang pagalingin ang bawat sakit at bawat
karamdaman. 2 At ito ang mga pangalan ng labindalawang
apostol: Ang una ay si Simon na tinatawag na Pedro at si
Andres na kaniyang kapatid, si Santiago na anak ni Zebedeo
at si Juan na kaniyang kapatid, 3 si Felipe at si Bartolome, si
Tomas at si Mateo na maniningil ng buwis, si Santiago na
anak ni Alfeo at si Leveo na tinatawag na Tadeo, 4 si Simon na
Makabayan at si Judas na taga-Keriot na siya ring nagkanulo
kay Jesus.
5 Ang labindalawang ito ay isinugo ni Jesus at inutusan
niya na sinasabi, “Huwag kayong pupunta sa daan ng mga
Gentil at huwag kayong papasok sa alinmang lungsod ng mga
taga-Samaria. 6 Sa halip ay pumunta kayo sa mga nawalang
tupa ng sambahayan ni Israel. 7 Ngunit sa inyong paghayo ay
magpahayag kayo na sinasabi, ‘Ang paghahari ng langit ay
malapit na.’ 8 Pagalingin ninyo ang mga maysakit, linisin ninyo
ang mga ketongin, buhayin ninyo ang mga patay at palayasin
ninyo ang mga demonyo. Ang tinanggap ninyong walang bayad
ay ibigay ninyong walang bayad. 9 Huwag kayong mangagbaon

9:33 Mar 2:12
9:36 Mar 8:2
9:37 Luc 10:2; Jua 4:35
10:1 Mar 3:13-15; Luc 4:36
10:4 Mar 14:10; Gaw 1:16
10:5 Luc 9:52; Jua 4:4-9; Gaw 8:5,25
10:9 Luc 22:35

ng ginto, kahit pilak, kahit tanso sa inyong mga pamigkis,
10 kahit supot sa paglalakbay, kahit dalawang balabal, kahit
pangyapak o kahit mga tungkod sapagkat ang manggagawa ay
karapat-dapat sa kaniyang pagkain.
11 "At saanmang lungsod o bayan kayo papasok, alamin
ninyo kung sino ang karapat-dapat at doon kayo manatili
hanggang sa kayo ay makaalis. 12 At sa pagpasok ninyo sa isang
bahay, batiin ninyo ito. 13 At kapag ang bahay nga ay maging
karapat-dapat, hayaang sumakaniya ang inyong kapayapaan.
Ngunit kapag ito ay hindi maging karapat-dapat, hayaang
bumalik sa inyo ang inyong kapayapaan. 14 At ang sinumang
hindi tatanggap sa inyo, ni makikinig sa inyong mga salita, sa
inyong paglabas sa bahay o lungsod na iyon ay pagpagin ninyo
ang alikabok sa inyong mga paa. 15 Katotohanang sinasabi ko
sa inyo, magiging mas madaling tiisin sa lupain ng Sodoma at
Gomora sa araw ng paghuhukom, kaysa sa lungsod na iyon.

10:10 1Ti 5:18
10:14 Mar 6:11; Luc 9:5; Gaw 13:51
10:15 Gaw 17:31; 2Pe 2:6; 1Jn 4:17; Jud 1:7

Binilinan ni Jesus ang Labindalawa sa Pagmamalupit ng mga Tao

Mar 13:9-13; Luc 21:12-17

10:16 Luc 10:3; Gaw 20:29; 1Co 14:20
10:17 Mar 13:9; Gaw 5:40
10:18 Gaw 25:24-26
10:20 Luc 12:11-12
10:21 Mar 13:12
10:22 Mar 13:13; Luc 21:19; Jua 15:21; Pah 2:10
10:23 Luc 17:30
10:24 Jua 13:16
10:25 Mar 3:22

16 "Narito, isinusugo ko kayo bilang mga tupa sa gitna ng
mga lobo. Kaya maging matalino kayo gaya ng mga ahas
at maamo katulad ng mga kalapati. 17 Ngunit mag-ingat
kayo sa mga tao sapagkat ibibigay nila kayo sa Sanhedrin at
hahagupitin nila kayo sa kanilang mga sinagoga 18 at dadalhin
kayo sa harap ng mga gobernador at mga hari dahil sa akin
bilang patotoo♦ sa kanila at sa mga Gentil. 19 Ngunit kapag
ibinigay nila kayo, huwag kayong mag-alala kung paano o kung
ano ang inyong mga sasabihin sapagkat ipagkakaloob sa inyo
sa oras ding iyon ang inyong mga sasabihin. 20 Sapagkat hindi
kayo ang magsasalita kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang
siyang magsasalita sa ninyo.
21 "At ang kapatid ay ipagkakanulo ng kapatid patungo
sa kamatayan, ang ama sa anak. At ang mga anak ay
maghihimagsik sa mga magulang at ipapapatay sila. 22 At kayo
ay kamumuhian ng lahat dahil sa aking pangalan. Ngunit siya
na nagtiis hanggang sa wakas, siya ay maliligtas. 23 Ngunit
kapag kayo ay pagmamalupitan nila sa lungsod na ito, tumakas
kayo patungo sa iba sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo,
hindi pa ninyo matatapos libutin ang mga lungsod ng Israel
hanggang sa makarating ang Anak ng Tao.

Luc 12:2-7

24 "Ang alagad ay hindi nakakahigit sa kaniyang guro, ni
ang alipin ay nakakahigit sa kaniyang panginoon. 25 Sapat na
sa alagad na maging katulad sa kaniyang guro at ang alipin na

katulad sa kaniyang panginoon. Kung ang tawag nila sa may-
ari ng sambahayan ay Beelzebub♦, gaano pa kaya sa kanila na
nasa kaniyang sambahayan. **26**Kaya huwag kayong matakot
sa kanila sapagkat walang anumang natatakpan na hindi
mahahayag at natatago na hindi malalaman.
27"Anuman ang sinasabi ko sa inyo sa dilim ay sabihin ninyo
sa liwanag at anuman ang naririnig ninyo sa tainga ay ipahayag
ninyo sa mga bubungan ng bahay. **28**At huwag ninyong
katakutan sila na mga pumapatay sa katawan ngunit hindi
makakayang pumatay sa kaluluwa. Sa halip ay katakutan ninyo
siya na makakayang magpahamak ng kaluluwa at ng katawan
sa impiyerno. **29**Hindi ba ang dalawang maya ay ipinagbibili ng
isang sentimo°? Ngunit ang isa sa kanila ay hindi mahuhulog
sa lupa na wala ang inyong Ama. **30**At kahit ang mga buhok sa
inyong ulo ay nabilang na lahat. **31**Kaya huwag kayong matakot,
kayo ay higit na mahalaga kaysa sa maraming maya.

Pagkilala o Pagkakaila kay Jesus

Luc 12:8-9

32"Kaya ang sinumang maghahayag sa akin sa harap ng mga
tao ay ihahayag ko rin sa harap ng aking Ama na nasa langit.
33Ngunit ang sinumang magkakaila sa akin sa harap ng mga tao
ay ikakaila ko rin sa harap ng aking Ama na nasa langit.

Luc 12:51-53; 14:26-27

34"Huwag ninyong isiping ako ay pumarito upang magdala
ng kapayapaan sa lupa. Hindi ako pumarito upang magdala
ng kapayapaan kundi ng tabak **35**sapagkat naparito ako upang
'maglagay ng hidwaan sa isang lalaki laban sa kaniyang ama, at
ang anak na babae laban sa kaniyang ina, at ang manugang na
babae laban sa kaniyang biyenang babae.' **36**'Ang mga kaaway
ng isang tao ay sila na nasa kaniyang sambahayan.'

Mik 7:6

37Siya na umiibig sa kaniyang ama o ina nang higit sa akin ay
hindi karapat-dapat sa akin, at siya na umiibig sa kaniyang anak
na lalaki o anak na babae nang higit sa akin ay hindi karapat-
dapat sa akin. **38**At siya na hindi nagpapasan ng kaniyang krus
at sumusunod sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. **39**Siya
na masusumpungan ang kaniyang buhay ay mawawalan nito
at siya na nawalan ng kaniyang buhay alang-alang sa akin ay
makakasumpong nito.

Mar 9:41

40"Siya na tumatanggap sa inyo ay tumatanggap sa akin,
at siya na tumatanggap sa akin ay tumatanggap sa kaniya na
nagsugo sa akin. **41**Siya na tumatanggap sa isang propeta sa
pangalan ng propeta ay tatanggap ng gantimpala ng isang

10:26 Mar 4:22; Luc 8:17
10:28 Heb 10:31
10:30 Luc 21:18; Gaw 27:34
10:32 Rom 10:9
10:33 Mar 8:38; 2Ti 2:12
10:37 Luc 14:26
10:38 Luc 14:27
10:39 Jua 12:25
10:40 Luc 9:48; Jua 12:44; Gal 4:14

propeta at siya na tumatanggap sa isang taong matuwid sa pangalan ng taong matuwid ay tatanggap ng gantimpala ng isang taong matuwid. 42At kung ang sinumang magbigay ng maiinom kahit isang basong malamig na tubig lamang sa isa sa maliliit na ito sa pangalan ng isang alagad, katotohanang sinasabi ko sa inyo, siya ay hinding-hindi mawawalan ng gantimpala."

Si Jesus at si Juan na Tagapagbawtismo

Luc 7:18-35

11 Nangyari nang si Jesus ay natapos na sa pagbibigay ng utos sa kaniyang labindalawang alagad, siya ay umalis doon upang magturo at magpahayag sa kanilang mga lungsod.

2At nang narinig ni Juan sa bilangguan ang mga gawa ni Cristo, siya ay nagsugo ng dalawa sa kaniyang mga alagad 3at sinabi sa kaniya, "Ikaw ba yaong pumaparito, o iba ang hinihintay namin?"

10:42 Mar 9:41; Gaw 10:4; Heb 6:10
11:3 Jua 11:27; Heb 10:37
11:5 Luc 4:18-19
11:9 Luc 1:76
11:10 Mar 1:2; Luc 7:27; Jua 3:28
11:13 Luc 16:16
11:14 Luc 1:17; Jua 1:21

4Si Jesus ay sumagot at sinabi sa kanila, "Pumunta kayo at ibalita ninyo kay Juan ang mga bagay na inyong naririnig at nakikita: 5Ang mga bulag ay nakakakita at ang mga lumpo ay nakakalakad, ang mga ketongin ay nalilinis at ang mga bingi ay nakakarinig, ang mga patay ay ibinabangon at ang ebanghelyo ay ipinapangaral sa mga dukha. 6At pinagpala ang sinumang hindi matitisod sa akin."

7At pagkaalis nila, si Jesus ay nagsimulang magsalita sa napakaraming tao patungkol kay Juan. "Ano ba ang ipinunta ninyo sa ilang na nais ninyong pagmasdan? Isang tambo ba na inuuga ng hangin? 8Ngunit ano ba ang inyong ipinunta na nais ninyong makita? Isang tao ba na nakadamit ng malambot na kasuotan? Narito, sila na nagdadamit ng malalambot ay nasa mga bahay ng mga hari. 9Ngunit ano ba ang inyong ipinunta upang makita? Isang propeta ba? Oo, sinasabi ko sa inyo, higit pa sa isang propeta 10sapagkat siya ito, yaong tinutukoy sa nasusulat, 'Narito, isinusugo ko ang aking sugo na nauuna sa iyo. Siya ang maghahanda ng iyong daraanan sa unahan mo.' "

Mal 3:1

11"Katotohanang sinasabi ko sa inyo, sa mga ipinanganak ng mga babae ay walang tumindig na higit kaysa kay Juan na tagapagbawtismo. Ngunit ang pinakamaliit sa paghahari ng langit ay higit kaysa sa kaniya. 12At mula sa mga araw ni Juan na tagapagbawtismo hanggang sa ngayon, ang paghahari ng langit ay nagdurusa ng karahasan at ito ay inaagaw ng mga mararahas 13sapagkat ang lahat ng mga Propeta at ang Kautusan ay naghahayag hanggang kay Juan. 14At kung ninanais ninyong tanggapin, siya ang Elias na siyang

inaasahang darating. 15Siya na may mga tainga upang makinig,
hayaan siyang makinig.
16"Ngunit saan ko ihahalintulad ang lahing ito? Ito ay
katulad ng mga batang nakaupo sa mga pamilihan at sumisigaw
sa kanilang mga kasama 17at sinasabi, 'Tinugtugan namin kayo
ng plawta ngunit hindi kayo sumayaw. Nanaghoy kami sa inyo
ngunit hindi kayo tumangis.'
18"Sapagkat si Juan ay dumating na hindi kumakain, ni
umiinom kaya sinasabi nila, 'Siya ay may demonyo.' 19Ang
Anak ng Tao ay dumating na kumakain at umiinom at sinasabi
nila, 'Narito, ang taong matakaw at manginginom ng alak,
kaibigan ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan.'
Ngunit ang karunungan ay pinaging-matuwid ng kaniyang mga
anak."

Kaabahan at Pagpapasalamat

Luc 10:13-15

20Pagkatapos nito, siya ay nagsimulang sumbatan ang mga
lungsod kung saan naganap ang pinakamarami sa kaniyang
makapangyarihang mga gawa, sapagkat hindi sila nagsisi. 21"Sa
iyong aba, Corazin! Sa iyong aba, Betsaida! Sapagkat kung ang
mga makapangyahirang gawa na nangyari sa inyo ay nangyari
sa Tiro at Sidon, sila ay matagal na sanang nagsisi na nasa
kasuotang-sako at abo♦. 22Gayunpaman, sinasabi ko sa inyo,
magiging mas madaling tiisin ang sa Tiro at sa Sidon sa araw
ng paghuhukom kaysa sa inyo. 23At ikaw Capernaum, ikaw na
itinaas hanggang sa langit, ikaw ay ibababa hanggang sa Hades♦
sapagkat kung ang mga makapangyarihang gawa na nangyari
sa iyo ay nangyari sa Sodoma, nananatili sana sila hanggang sa
araw na ito. 24Gayunpaman ay sinasabi ko sa inyo na magiging
mas madaling tiisin ang sa lupain ng Sodoma sa araw ng
paghuhukom kaysa sa inyo."

11:15
Mar 4:23;
Luc 14:35;
Pah 2:7
11:18
Luc 1:15
11:21
Mar 6:45;
Luc 9:10;
Jua 1:44;
Gaw 12:20
11:25
Luc 22:42;
Jua 11:41
11:27
Jua 3:35;
10:15

Pasasalamat at Panawagan ni Jesus

Luc 10:21-22

25Sa panahong iyon, si Jesus ay sumagot at sinabi, "O
Ama, ipinagbubunyi kita, Panginoon ng langit at ng lupa,
sapagkat itinago mo ang mga bagay na ito mula sa matatalino
at marurunong, ngunit ipinahayag mo ang mga ito sa mga
sanggol. 26Gayon nga Ama, sapagkat ito nga ay naging
kaluguran sa iyong paningin. 27Ang lahat ay ipinagkaloob sa
akin ng aking Ama at walang sinumang lubos na nakakakilala
sa Anak kundi ang Ama, ni walang sinumang lubos na
nakakakilala sa Ama kundi ang Anak, at sa sinumang ibig na
pagpahayagan ng Anak. 28Pumarito kayo sa akin, kayong lahat

na nagpapagal at nabibigatang lubha, bibigyan ko kayo ng
kapahingahan. 29 Pasanin ninyo ang aking pamatok at matuto
kayo sa akin sapagkat ako ay maamo at mapagpakumbaba sa
puso, at masusumpungan ninyo ang kapahingahan sa inyong
mga kaluluwa 30 sapagkat ang aking pamatok ay madali at
ang aking pasanin ay magaan."

Si Jesus ang Panginoon ng Sabat

Mar 2:23-3:6; Luc 6:1-10

12 Sa panahong iyon, si Jesus ay naglakad sa triguhan
sa mga araw ng Sabat♦. Ang kaniyang mga alagad ay
nagutom at sila ay nagsimulang pumitas ng uhay ng trigo
upang kainin. 2 Ngunit nang makita ito ng mga Fariseo ay
kanilang sinabi sa kaniya, "Tingnan mo, ang iyong mga
alagad ay gumagawa niyaong hindi ipinapahintulot na gawin
sa araw ng Sabat."

11:29 Jua 13:15; Flp 2:5; 1Pe 2:21; 1Jn 2:6
11:30 1Jn 5:3
12:2 Luc 13:14; Jua 5:10
12:5 Jua 7:22-23
12:10 Mar 3:2; Luc 11:54
12:11 Luc 14:5
12:14 Mar 3:6; Luc 6:11; Jua 5:18

3 Ngunit sinabi niya sa kanila, "Hindi ba ninyo nabasa
ang ginawa ni David nang siya ay nagutom, at sila na mga
kasama niya, 4 kung paanong siya ay pumasok sa bahay
ng Diyos at kumain ng mga tinapay na handog♦ na para
sa kaniya ay hindi ipinapahintulot kainin, ni sa kanila na
kasama niya maliban na lamang sa mga saserdote? 5 O hindi
ba ninyo nabasa sa Kautusan na sa mga araw ng Sabat ay
nilalapastangan ng mga saserdote sa templo ang araw ng
Sabat at hindi sila nagkasala? 6 Ngunit sinasabi ko sa inyo na
ang lalong dakila kaysa sa templo ay naririto. 7 Ngunit kung
alam ninyo ang kahulugan nito, 'Habag ang ninanais ko at
hindi hain,'

Ose 6:6

hindi sana ninyo hinatulan ang mga walang kasalanan
8 sapagkat ang Anak ng Tao ay Panginoon din ng araw ng
Sabat."

9 At pagkaalis niya roon, siya ay pumasok sa kanilang
sinagoga. 10 Narito, may isang lalaki na natuyot ang kamay.
At tinanong nila si Jesus na sinabi, "Ipinapahintulot ba na
magpagaling sa mga araw ng Sabat?" Siya ay tinanong nila
upang siya ay kanilang maparatangan.

11 Ngunit sinabi niya sa kanila, "Sino kaya sa inyo ang
taong mayroong isang tupa, at kung ito ay mahulog sa hukay
sa mga araw ng Sabat, hindi kaya niya ito kukunin at iaahon?
12 Gaano pa kaya ang isang tao na higit na mahalaga kaysa sa
tupa? Kung gayon, ipinapahintulot ang gumawa ng mabuti
sa mga araw ng Sabat." 13 Pagkatapos nito ay sinabi niya sa
lalaki, "Iunat mo ang iyong kamay." Kaya iniunat niya ito
at ito ay naipanumbalik na magaling katulad ng isa. 14 Kaya

pag-alis ng mga Fariseo, sila ay nagdaos ng sanggunian laban sa kaniya, kung paano nila siya mapapatay.

Ang Lingkod na Hinirang ng Diyos

15 Ngunit nang nalaman ito ni Jesus, siya ay umalis doon
subalit ang lubhang napakaraming tao ay sumunod sa kaniya
at silang lahat ay pinagaling niya. 16 At ipinagbilin niya sa
kanila na huwag nilang ihayag kung sino siya 17 upang matupad
ang sinabi sa pamamagitan ni propeta Isaias na sinasabi,
18 "Masdan ninyo, ang aking lingkod na aking hinirang, ang
aking pinakamamahal na siyang labis na kinalulugdan ng aking
kaluluwa. Ibibigay ko ang aking Espiritu sa kaniya at ihahayag
niya ang hatol sa mga Gentil. 19 Hindi siya makikipagtalo, ni
sisigaw, ni walang sinumang makakarinig ng kaniyang tinig sa
mga lansangan. 20 Hindi niya dudurugin ang nabaling tambo
at hindi niya papatayin ang umuusok na mitsa hanggang sa
mabigyan niya ng tagumpay ang hatol. 21 At ang mga Gentil ay
aasa sa kaniyang pangalan."

Isa 42:1-4

Paano Mapapalabas ni Satanas si Satanas?

Mar 3:20-30; Luc 11:14-26

22 Pagkatapos nito ay dinala sa kaniya ang isang inaalihan
ng demonyo na bulag at pipi. Siya ay pinagaling ni Jesus kung
kaya ang bulag at pipi ay nakakita at nakapagsalita. 23 At ang
lahat ng napakaraming tao ay namangha at sinabi, "Hindi ba ito
ang Anak ni David?"

24 Ngunit nang narinig ito ng mga Fariseo ay kanilang
sinabi, "Ang taong ito ay hindi nagpapalayas ng mga demonyo,
maliban sa pamamagitan ni Beelzebub♦ na pinuno ng mga
demonyo."

25 Ngunit yamang alam ni Jesus ang kanilang mga kaisipan,
sinabi niya sa kanila, "Ang bawat kaharian na nagkakabaha-
bahagi laban sa kaniyang sarili ay nawawasak at ang bawat
lungsod o sambahayan na nagkakabaha-bahagi laban sa
kaniyang sarili ay hindi makakatayo. 26 At kung si Satanas
ang nagpapalayas kay Satanas, siya ay nababahagi laban sa
kaniyang sarili. Kaya papaano makakatayo ang kaniyang
kaharian? 27 At kung ako ay nagpapalayas ng mga demonyo
sa pamamagitan ni Beelzebub, sa pamamagitan nino naman
nagpapalayas ang inyong mga anak? Dahil dito, sila ang
magiging tagapaghatol ninyo. 28 Ngunit kung nagpapalayas ako
ng mga demonyo sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, walang
pag-aalinlangan na ang paghahari ng Diyos ay dumating na sa
inyo. 29 O paano makakayang pumasok ng isang tao sa bahay

12:18 Jua 3:34
12:24 Mar 3:22
12:27 Gaw 19:13

ng isang malakas na tao upang masamsam ang kaniyang mga
kagamitan kung hindi niya muna maigapos ang malakas na tao?
At pagkatapos ay sasamsamin niya ang nasa bahay ng malakas
na tao. 30Siya na hindi sumasama sa akin ay laban sa akin at
siya na hindi nakikipagtipong kasama ko ay nangangalat.
31"Dahil dito ay sinasabi ko sa inyo, ang bawat kasalanan
at paglapastangan ay ipapatawad sa mga tao, ngunit ang
paglapastangan laban sa Espiritu ay hindi ipapatawad sa mga
tao. 32At ang sinumang magsasalita laban sa Anak ng Tao, ito
ay ipapatawad sa kaniya, ngunit ang sinumang magsasalita
laban sa Banal na Espiritu, ito ay hindi ipapatawad sa kaniya sa
kapanahunang ito, ni sa darating pa.
33"Gawin ninyong mabuti ang punongkahoy at ang
bunga nito ay mabuti, o kaya gawin ninyong masama ang
punongkahoy at ang bunga nito ay masama sapagkat ang
punongkahoy ay nakikilala sa pamamagitan ng kaniyang
bunga. 34Mga lahi ng ulupong! Papaano ninyo nagagawang
magsalita ng mabubuting bagay yamang kayo ay masasama?
Sapagkat mula sa kasaganaan ng puso, ang bibig ay nagsasalita.
35Ang mabuting tao ay nagbubunga ng mabubuting bagay
mula sa mabuting kayamanan ng puso at ang masamang tao
ay nagbubunga ng masasamang bagay mula sa masamang
kayamanan ng puso. 36Ngunit sinasabi ko sa inyo na sa bawat
salitang walang kabuluhan na sasabihin ng mga tao, sila ay
magbibigay-sulit patungkol dito sa araw ng paghuhukom
37sapagkat sa pamamagitan ng iyong mga salita ay
mapapawalang-sala ka at sa pamamagitan ng iyong mga salita
ay hahatulan ka."

12:30 Mar 9:40; Luc 11:23
12:31 Mar 3:28-29; Luc 12:10
12:32 Mar 10:30; Luc 20:34-35; Efe 1:21; Heb 6:5
12:33 Mat 7:15-20; Luc 6:43-44
12:34 Luc 6:45
12:37 San 3:2
12:38 Mar 8:11-12; Luc 11:16; Jua 2:11, 18; 1Co 1:22
12:39 Luc 11:29

Si Jonas Bilang Isang Tanda

Luc 11:29-32

38Pagkatapos nito ay sumagot ang ilan sa mga eskriba at sa
mga Fariseo na nagsasabi, "Guro, ibig naming makakita ng
isang tanda mula sa iyo."
39Ngunit siya ay sumagot at sinabi sa kanila, "Ang lahing
masama at mapangalunya ay naghahanap ng tanda ngunit
walang ibibigay na tanda sa kaniya maliban sa tanda ni Jonas
na propeta 40sapagkat kung paanong si Jonas, sa loob ng
tatlong araw at tatlong gabi, ay nasa tiyan ng balyena, magiging
gayundin ang Anak ng Tao sa kalagitnaan ng lupa sa loob ng
tatlong araw at tatlong gabi. 41Ang mga lalaking taga-Nineve
ay tatayo sa araw ng paghuhukom na kasama ng lahing ito at
hahatulan nila ito sapagkat nagsisi sila dahil sa pangangaral
ni Jonas. Ngunit narito, ang isang higit kaysa kay Jonas ay
nandito. 42Ang reyna ng timog ay titindig sa paghuhukom

kasama ng lahing ito at hahatulan ito sapagkat siya ay dumating mula sa kadulu-duluhan ng daigdig upang pakinggan ang karunungan ni Solomon. Ngunit narito, ang isang higit kaysa kay Solomon ay nandito.

43"Kapag ang karumal-dumal na espiritu ay makalabas mula sa isang tao, ito ay gumagala sa mga tuyong dako, na naghahanap ng pahingahan ngunit wala itong natatagpuan. **44**Kaya sasabihin nito, 'Babalik ako sa aking bahay kung saan ako ay lumabas.' At kapag siya ay makabalik, matatagpuan niya itong walang laman, nawalisan na at napalamutian na. **45**Siya nga ay aalis at isasama ang pitong ibang espiritu na higit pang masama kaysa sa kaniya. At sa pagpasok ng mga ito, sila ay maninirahan doon. Kaya ang magiging huli ng taong iyon ay lalong malubha kaysa noong una. Sa gayon, ganoon din ang mangyayari sa masamang lahing ito."

Ang Ina at mga Kapatid ni Jesus

Mar 3:31-35; Luc 8:19-21

46Ngunit habang si Jesus ay nagsasalita pa sa napakaraming tao, narito, ang kaniyang ina at ang kaniyang mga kapatid na lalaki ay nakatayo na sa labas at nagnanais na makipag-usap sa kaniya. **47**May isang nagsabi sa kaniya, "Narito, ang iyong ina at ang iyong mga kapatid na lalaki ay nakatayo na sa labas at nagnanais na makipag-usap sa iyo."

48Ngunit si Jesus ay sumagot at sinabi niya sa nagsabi sa kaniya, "Sino ang aking ina? At sinu-sino ang aking mga kapatid na lalaki?" **49**At iniunat niya ang kaniyang kamay sa kaniyang mga alagad at sinabi, "Narito, ang aking ina at ang aking mga kapatid na lalaki **50**sapagkat ang sinumang gaganap sa kalooban ng aking Ama na siyang nasa langit, siya ang aking kapatid na lalaki at kapatid na babae at ina."

12:45 2Pe 2:20
12:46 Luc 1:43; Jua 2:1-2, 12; Gaw 1:14; 1Co 9:5; Gal 1:19
12:50 Jua 15:14
13:2 Luc 5:3

Ang Talinghaga ng Manghahasik

Mar 4:1-20; Luc 8:4-15

13 Nang araw ring iyon ay lumabas si Jesus sa bahay at umupo sa tabing-dagat. **2**At natipon sa kaniya ang lubhang napakaraming tao, kaya siya ay sumakay sa bangka upang umupo at ang lahat ng napakaraming tao ay nakatayo na sa tabing-dagat.

3At siya ay nagsalita sa kanila ng maraming bagay sa pamamagitan ng mga talinghaga na nagsasabi, "Narito, ang isang manghahasik ay lumabas upang maghasik. **4**At sa kaniyang paghahasik, ang ilan nga ay nahulog sa tabi ng daan at dumating ang mga ibon at nilamon ang mga ito. **5**Ang ilan naman ay nahulog sa mababatong lugar kung saan wala itong

sapat na lupa. Kaagad itong sumibol dahil hindi malalim ang
lupa nito. 6At sa pagsikat ng araw, nalanta ito, at dahil walang
naging ugat, ito ay tuluyang natuyo. 7Ang ilan ay nahulog sa
dawagan. Ngunit ang mga dawag ay lumago at sinakal ang mga
ito. 8Ngunit ang ilan ay nahulog sa mabuting lupa at namunga,
ang ilan nga ay tig-isandaan, ang ilan ay tig-animnapu at ang
ilan ay tig-tatlumpu. 9Siya na mayroong mga tainga upang
makinig, hayaan siyang makinig."

10At nang lumapit ang mga alagad sa kaniya, sinabi nila,
"Bakit ka nangungusap sa kanila sa pamamagitan ng mga
talinghaga?"

11Sumagot siya at sinabi sa kanila, "Sapagkat ipinagkaloob
na sa inyo ang malaman ang mga hiwaga ng paghahari ng
langit ngunit ito ay hindi ipinagkaloob sa kanila. 12Dahil
ang sinumang nagtataglay, siya ay pagkakalooban at siya ay
mananagana. Ngunit ang sinumang hindi nagtataglay, maging
ang iba niyang tinataglay ay kukunin sa kaniya. 13Dahil dito,
ako ay nagsasalita sa kanila sa pamamagitan ng mga talinghaga
sapagkat sila ay nagmamasid ngunit hindi nakakakita, sila ay
nakikinig ngunit hindi dumirinig ni hindi sila nakakaunawa.
14At natupad sa kanila ang inihayag ni propeta Isaias na
sinasabi, 'Sa pamamagitan ng pakikinig ay makakarinig kayo
ngunit hinding-hindi kayo makakaunawa, at sa pagmamasid
ay magmamasid kayo ngunit hinding-hindi kayo makakatalos.
15Ito ay sapagkat kumapal ang puso ng mga taong ito, pumurol
sa pakikinig ang kanilang mga tainga, at ipinikit nila ang
kanilang mga mata. Kung hindi gayon, makakakita ang
kanilang mga mata, makakarinig ang kanilang mga tainga,
makakaunawa ang kanilang mga puso at manunumbalik, at
pagagalingin ko sila.'

Isa 6:9-10

16Pinagpala ang inyong mga mata sapagkat ang mga ito ay
nakakakita at ang inyong mga tainga sapagkat ang mga ito ay
nakakarinig. 17Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo na
maraming propeta at mga taong matuwid ang naghangad na
makita yaong mga pinagmamasdan ninyo ngunit hindi nila
namasdan, na marinig yaong mga pinakikinggan ninyo ngunit
hindi nila narinig.

18"Pakinggan nga ninyo ang talinghaga patungkol sa
manghahasik. 19Habang ang sinumang nakikinig sa salita ng
pagahahari at hindi ito inuunawa, dumarating yaong masama
at inaagaw ang naihasik na sa kaniyang puso. Siya yaong
nahasikan ng binhi sa tabi ng daan. 20At siya na nahasikan ng
binhi sa mababatong lugar, siya yaong nakikinig ng salita at
kaagad itong tinanggap na may kagalakan. 21Ngunit wala itong

13:11 1Co 2:10, 14; Col 1:27; 1Jn 2:20,27
13:15 Jua 12:40; Gaw 28:26-27; Rom 11:8
13:17 Jua 8:56; Heb 11:13; 1Pe 1:10-12

ugat sa kaniyang sarili kaya tumagal ng sandali, sapagkat sa
pagdating ng kahirapan at kalupitan dahil sa salita, siya ay
natitisod kaagad. 22 Siya na nahasikan ng binhi sa dawagan,
siya yaong nakikinig ng salita ngunit ang kabalisahan
ng kapanahunang ito at ang pandaraya ng kayamanan
ang sumakal sa salita kaya siya ay naging walang bunga.
23 Subalit siya na nahasikan ng binhi sa mabuting lupa, siya
yaong nakikinig ng salita at nauunawaan nito, kaya nga siya
ay namumunga at nagdudulot, ang ilan nga ay tig-isandaan at
ang ilan ay tig-animnapu at ang ilan ay tig-tatlumpu."

Ang Talinghaga ng Masamang Damo

24 Isa pang talinghaga ang isinalaysay niya sa kanila na
sinasabi, "Ang paghahari ng langit ay inihalintulad sa isang
lalaki na naghasik ng mabuting binhi sa kaniyang bukirin.
25 Ngunit habang natutulog ang mga tao, dumating ang
kaniyang kaaway at naghasik ng mapanirang mga damo sa
kalagitnaan ng mga trigo at umalis. 26 At nang umusbong
ang sibol at namunga, sa panahong iyon ay lumitaw rin ang
mapanirang mga damo. 27 Kaya nang lumapit ang mga alipin
ng may-ari ng sambahayan ay kanilang sinabi, 'Panginoon,
hindi nga ba mabuting binhi ang inihasik mo sa iyong
bukirin? Kung gayon, saan nagmula ang mapanirang mga
damong naririto?' 28 Sinabi niya sa kanila, 'Ang kaaway
ang taong gumawa nito.' At sinabi ng mga alipin sa kaniya,
'Kung gayon, ninanais mo bang kami ay pumunta at ipunin
ang mga ito?' 29 Ngunit sinabi niya, 'Huwag, baka habang
iniipon ninyo ang mapanirang mga damo ay kasabay
ninyong mabunot ang mga trigo. 30 Hayaan ninyong sila ay
kapwa tumubo hanggang sa anihan at sa panahon ng anihan
ay sasabihin ko sa mang-aani, "Ipunin muna ninyo ang
mapanirang mga damo at itali ninyo sa mga bigkis upang
matupok ng apoy, ngunit ang trigo ay ipunin ninyo sa aking
kamalig." ' "

Ang Talinghaga ng Binhi ng Mustasa

Mar 4:30-32; Luc 13:18-21

31 Isa pang talinghaga ang isinalaysay niya sa kanila na
sinasabi, "Ang paghahari ng langit ay katulad ng isang butil
ng mustasa na kinuha ng isang lalaki at inihasik sa kaniyang
bukirin. 32 Talagang ito ay mas maliit sa lahat ng mga binhi.
Ngunit kapag ito ay mapatubo, mas malaki ito sa mga
halaman at nagiging punongkahoy kung kaya ang mga ibon
sa himpapawid ay dumarating at mamumugad sa mga sanga
nito."

13:22 1Ti 6:9-10,17
13:24 Mar 4:26,30
13:31 Luc 17:6

Ang Talinghaga ng Pampaalsa

33 Isa pang talinghaga ang sinabi niya sa kanila, "Ang
paghahari ng langit ay katulad sa pampaalsa na kinuha ng
isang babae at inihalo sa tatlong takal° na harina hanggang sa
napaalsa nito ang lahat."

34 Ang lahat ng mga bagay na ito ay sinabi ni Jesus sa
napakaraming mga tao sa pamamagitan ng mga talinghaga at
bukod sa talinghaga ay wala na siyang sinabi sa kanila. **35** upang
matupad ang ipinahayag sa pamamagitan ng propeta na
sinasabi, "Ibubuka ko ang aking bibig sa pamamagitan ng mga
talinghaga at bibigkasin ko ang mga bagay na nakatago mula sa
pagkatatag ng sanlibutan."

Awi 78:2

Ipinaliwanag ang Talinghaga ng Masamang Damo

36 Pagkaalis ng napakaraming tao, si Jesus ay pumasok sa
bahay. Lumapit sa kaniya ang kaniyang mga alagad na sinasabi,
"Ipaliwanag mo sa amin ang talinghaga ng mapanirang mga
damo sa bukirin."

13:33 Gal 5:9
13:34 Jua 16:25
13:35 Rom 16:25-26; 1Co 2:7; Efe 3:9; Col 1:26
13:38 Jua 8:44; 1Jn 3:10
13:39 Pah 14:15
13:44 Flp 3:7-8

37 Sumagot siya at sinabi sa kanila, "Siya na naghasik ng
mabuting binhi ay ang Anak ng Tao. **38** Ang bukirin ay ang
sanlibutan at ang mabuting binhi ay ang mga anak ng paghahari
ng Diyos, ngunit ang mapanirang mga damo ay ang mga anak
niyaong masama. **39** Ang kaaway na siyang naghasik ng mga ito
ay ang diyablo. Ang tag-ani ay ang katapusan ng kapanahunang
ito at ang mga mang-aani ay ang mga anghel. **40** Kaya kung
paano iniipon at tinutupok sa apoy ang mapanirang damo ay
gayundin ang mangyayari sa katapusan ng kapanahunang
ito. **41** Susuguin ng Anak ng Tao ang kaniyang mga anghel at
titipunin nila sa labas ng kaniyang paghahari ang lahat ng mga
katitisuran at sila na gumagawa ng hindi pagkilala sa kautusan
42 at ihahagis sila sa pugon ng apoy. Doon ay magkakaroon ng
pananangis at pagngangalit ng mga ngipin. **43** Pagkatapos nito,
ang mga matuwid ay magliliwanag katulad ng araw sa kaharian
ng kanilang Ama. Siya na mayroong mga tainga upang
makinig, hayaan siyang makinig.

Ang Talinghaga ng Kayamanan at ng Perlas

44 "Muli, ang paghahari ng langit ay katulad sa isang
kayamanan na nakatago sa bukid. Yamang ito ay natagpuan ng
isang tao ay itinago niya ito. At dahil sa kaniyang kagalakan,
siya ay umuuwi at ipinagbibili ang anumang kaniyang
tinatangkilik at binibili ang bukid na iyon.

45 "Muli, ang paghahari ng langit ay katulad sa isang taong
mangangalakal na naghahanap ng magagandang perlas.

46 Nang siya ay nakatagpo ng isang mamahaling perlas,
siya ay umalis at ipinagbili na ang lahat ng kaniyang
mga tinatangkilik at binili niya ito.

Ang Talinghaga ng Lambat

47 "Muli, ang paghahari ng langit ay katulad sa isang
lambat na inihulog sa dagat at nakahuli ng bawat uri ng
isda. 48 Nang ito ay napuno, ito ay hinila nila sa tabing-
dagat at nang sila ay nakaupo, kanilang inipon ang
mababuti sa lalagyan, ngunit ang masasama ay kanilang
itinapon. 49 Gayundin ang mangyayari sa katapusan
ng kapanahunang ito. Ang mga anghel ay darating
at ihihiwalay ang masasama mula sa matutuwid 50 at
kanilang itatapon ang mga ito sa pugon ng apoy. Doon
ay magkakaroon ng pananangis at pagngangalit ng mga
ngipin."

51 Sinabi ni Jesus sa kanila, "Naunawaan ba ninyo ang
lahat ng mga bagay na ito?"

Sinabi nila sa kaniya, "Oo, Panginoon."

52 Kaya sinabi niya sa kanila, "Dahil dito, ang bawat
eskriba na naturuan patungkol sa paghahari ng langit ay
katulad sa isang taong may-ari ng sambahayan na mula
sa kaniyang kayamanan ay naglalabas ng mga bago at
mga lumang mga bagay."

13:55 Luc 3:23; Jua 6:42
13:57 Luc 4:24; Jua 4:44; 6:61

Ang Karangalan ng Isang Propeta

Mar 6:1-6

53 At nangyari, nang natapos na ni Jesus ang mga
talinghagang ito, siya ay umalis mula roon. 54 At
nang siya ay dumating sa kaniyang sariling bayan,
sila ay tinuruan niya sa kanilang sinagoga kaya sila
ay nanggilalas at nagsabi, "Saan nanggaling ang
karunungang ito at ang mga makapangyarihang gawa ng
taong ito? 55 Hindi ba ito ang anak ng karpintero? Hindi
nga ba ang kaniyang ina ay tinatawag na Maria at ang
kaniyang mga kapatid na lalaki ay sina Santiago at Jose
at Simon at Judas? 56 At hindi nga ba ang kaniyang mga
kapatid na babae ay kasama natin? Kung gayon, saan
nanggaling ang lahat ng mga bagay na nasa lalaking
ito?" 57 At siya ay kinatisuran nila.

Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, "Ang isang propeta
ay hindi walang karangalan maliban sa kaniyang sariling
bayan at sa kaniyang sariling sambahayan." 58 Kaya siya
ay hindi gumawa roon ng maraming makapangyarihang
gawa dahil sa kanilang hindi pagsampalataya.

Pinugutan si Juan na Tagapagbawtismo

Mar 6:14-29; Luc 9:7-9

14 Sa panahong iyon ay narinig ni Herodes na tetrarka♦
ang katanyagan ni Jesus. **2** At sinabi niya sa kaniyang
mga lingkod, "Ito ay si Juan na tagapagbawtismo. Siya ay
muling bumangon mula sa mga patay at dahil dito, ang mga
makapangyarihang gawa ay gumagawa sa pamamagitan niya."
3 Sapagkat si Herodes ang dumakip kay Juan at gumapos sa
kaniya at nagdala sa bilangguan alang-alang kay Herodias
na asawa ng kaniyang kapatid na si Felipe, **4** dahil si Juan ang
nagsabi sa kaniya, "Hindi ipinapahintulot na angkinin mo siya."
5 Bagamat ninanais niya na ipapatay si Juan, siya ay natakot
sa napakaraming tao sapagkat siya ay ibinilang nila na isang
propeta.

6 Ngunit nang naganap ang kaarawan ni Herodes, ang anak
na babae ni Herodias ay sumayaw sa kalagitnaan at pinasaya si
Herodes. **7** Kaya siya ay nagpahayag ng pangako na ibibigay sa
kaniya ang anumang hihilingin niya.

8 At sa paghudyat ng kaniyang ina ay kaniyang
sinabi, "Ipagkaloob mo sa akin dito ang ulo ni Juan na
tagapagbawtismo na nakapatong sa bandehado."

14:1 Mar 8:15; Luc 3:1, 19; 9:7-9; Gaw 4:27
14:3 Luc 3:19-20
14:12 Gaw 8:2

9 Nagdalamhati ang hari, ngunit dahil sa kaniyang mga
pangako at sa mga nakadulog sa hapag-kainan, iniutos niya
na maibigay ito. **10** Kaya siya ay nagsugo at pinugutan ng ulo
si Juan sa bilangguan. **11** At ang kaniyang ulo ay dinala na
nakapatong sa bandehado at ibinigay sa dalaga at kaniyang
dinala ito sa kaniyang ina. **12** At ang mga alagad ni Juan ay
dumating at kinuha ang kaniyang katawan at inilibing ito.
Pagkatapos ay pumaroon sila at ibinalita kay Jesus.

Pinakain ni Jesus ang Napakaraming Tao

Mar 6:30-44; Luc 9:10-17; Jua 6:1-15

13 At nang ito ay narinig ni Jesus, siya ay umalis doon sa
pamamagitan ng bangka patungo sa ilang na lugar na nag-iisa.
At nang narinig ito ng napakaraming tao, sila ay sumunod
sa kaniya nang naglalakad mula sa mga lungsod. **14** At nang
lumabas si Jesus, nakita niya ang lubhang napakaraming
tao at siya ay nahabag sa kanila at pinagaling niya yaong
mga maysakit sa kanila. **15** At sa pagsapit ng takipsilim, ang
kaniyang mga alagad ay lumapit sa kaniya na sinasabi, "Ito
ay isang ilang na lugar at lumipas na ang oras. Pauwiin mo
ang napakaraming tao upang sila ay pumunta sa mga nayon at
makabili ng mga pagkain para sa kanilang sarili."

16 Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, "Hindi nila
kinakailangang umalis. Bigyan ninyo sila ng makakain."

17 At sinabi nila sa kaniya, “Wala tayong anuman dito
maliban sa limang tinapay at dalawang isda.”
18 Kaya sinabi niya, “Dalhin ninyo rito sa akin ang mga
iyon.” 19 At inutusan niya ang napakaraming tao na umupo sa
damuhan. At pagkakuha niya sa limang tinapay at dalawang
isda, siya ay tumingala sa langit at kaniyang pinagpala at
pagkatapos niyang pinagputol-putol ang mga tinapay ay
kaniyang ibinigay sa kaniyang mga alagad at ang mga alagad
sa napakaraming tao. 20 At silang lahat ay kumain at nabusog.
Pagkatapos ay inipon nila ang mga lumabis na mga piraso
ng tinapay at napuno ang labindalawang bakol. 21 At sila na
nakakain ay halos limang libong lalaki bukod sa mga babae at
mga bata.

Lumakad si Jesus sa Ibabaw ng Tubig

Mar 6:45-56; Jua 6:16-21

22 At inutusan kaagad ni Jesus ang kaniyang mga alagad
na sumakay sa bangka at mauna sa kaniya sa kabilang ibayo
hanggang sa mapauwi niya ang napakaraming tao. 23 At nang
napaalis na niya ang napakaraming tao, siya ay umahon sa
bundok na nag-iisa upang manalangin. At nang sumapit na
ang gabi, siya ay mag-isa roon, 24 ngunit ang bangka ay nasa
kalagitnaan na ng dagat na sinasalpok ng malalakas na alon
sapagkat ang hangin ay pasalungat.
25 At sa ikaapat na pagbabantay sa gabi*, pumunta sa kanila
si Jesus na naglalakad sa ibabaw ng dagat. 26 At nang siya ay
nakita ng mga alagad na naglalakad sa ibabaw ng dagat, sila ay
nabalisa na sinasabi, “Ito ay multo!” At sila ay sumigaw dahil
sa takot.
27 Ngunit nagsalita kaagad si Jesus sa kanila na sinasabi,
“Lakasan ninyo ang inyong loob, ako ito, huwag kayong
matakot.”
28 Kaya sumagot sa kaniya si Pedro na nagsasabi,
“Panginoon, kung ikaw iyan, utusan mo ako na pumunta sa iyo
sa ibabaw ng tubig.”
29 At sinabi niya, “Halika.” At si Pedro ay bumaba mula
sa bangka at lumakad sa ibabaw ng tubig papunta kay Jesus.
30 Ngunit nang makita niya ang malakas na hangin siya ay
natakot at nagsimula nang lumubog, kaya siya ay sumigaw na
nagsasabi, “Panginoon, iligtas mo ako.”
31 Kaya kaagad na iniunat ni Jesus ang kaniyang kamay

14:19 Mar 8:6; Luc 9:16; Gaw 2:42; 1Co 10:16; 1Ti 4:4
14:23 Luc 3:21
14:26 Luc 24:37
14:27 Luc 1:13, 30; Gaw 18:9; 23:11; Pah 1:17

* **14:25** *ikaapat na pagbabantay sa gabi*: May tatlong oras ang bawat pagbabantay sa gabi. Ang unang pagbabantay ay mula sa ikaanim ng gabi hanggang sa ikasiyam, ang ikalawa ay ikasiyam hanggang sa hatinggabi, ang ikatlo ay hanggang sa ikatlo ng umaga at ang ikaapat ay mula sa ikatlo ng umaga hanggang sa ikaanim.

at hinawakan siya at sinabi sa kaniya, “Ikaw na maliit ang
pananampalataya, bakit ka nag-alinlangan?” 32At nang sila ay
nakasakay na sa bangka, humupa ang hangin.
33Kaya sila na nasa bangka ay lumapit at sumamba kay Jesus
na sinasabi, “Totoong ikaw ang Anak ng Diyos.”
34At nang sila ay nakatawid na, dumating sila sa lupain ng
Genesaret. 35Nang siya ay nakilala ng mga kalalakihan sa lugar
na iyon, ipinamalita nila sa lahat ng lupaing nakapalibot at
dinala nila sa kaniya ang lahat ng mga maysakit. 36Isinamo nila
sa kaniya na mahawakan man lang sana nila ang laylayan ng
kaniyang damit. At ang bawat isang humawak nito ay gumaling
nang lubos.

Ang Malinis at ang Marumi

Mar 7:1-23

15 Pagkatapos nito ay lumapit kay Jesus ang mga eskriba
at mga Fariseo na nagmula sa Jerusalem, na nagsasabi,
2“Bakit nilalabag ng iyong mga alagad ang kaugalian ng
matatanda? Sapagkat sila ay hindi naghuhugas ng kanilang mga
kamay kapag sila ay kumakain ng tinapay.”

14:33 Mat 4:3
15:4 Efe 6:2
15:9 Col 2:20-22

3Ngunit siya ay sumagot at sinabi sa kanila, “Sa anong
dahilan din ninyo nilalabag ang utos ng Diyos dahil sa inyong
kaugalian? 4 Sapagkat iniutos ng Diyos na sinasabi,

‘Igalang mo ang iyong ama at ina’

Exo 20:12; Deu 5:16

at

‘ang lumalapastangan sa kaniyang ama o sa kaniyang ina,
dapat siyang tapusin sa kamatayan.’

Exo 21:17; Lev 20:9

5Ngunit sinasabi ninyo, ‘Ang sinumang magsasabi
sa kaniyang ama o sa kaniyang ina, “Ang anumang
mapapakinabangan mo mula sa akin, ito ay kaloob,” 6ay
hinding-hindi na kailangang igalang ang kaniyang ama
o ang kaniyang ina.’ Sa gayon ay winawalang kabuluhan
ninyo ang utos ng Diyos dahil sa inyong kaugalian. 7Mga
mapagpaimbabaw! Tama ang inihayag ni Isaias patungkol
sa inyo na sinasabi, 8‘Ang mga taong ito ay lumalapit sa akin
sa pamamagitan ng kanilang bibig at iginagalang ako sa
pamamagitan ng kanilang mga labi ngunit ang kanilang puso
ay napakalayo sa akin. 9At ang kanilang pagsamba sa akin ay
walang kabuluhan, itinuturo nila bilang mga katuruan ang mga
kautusan ng mga tao.’ ”

Isa 29:13

10At pagkatawag niya sa napakaraming tao upang
lumapit sa kaniya ay sinabi niya sa kanila, “Makinig kayo

at unawain ninyo. 11 Hindi yaong pumapasok sa bibig ang
nakakapagparumi sa tao kundi yaong lumalabas sa bibig. Ito
ang nagpaparumi sa tao."
12 Pagkatapos nito, ang kaniyang mga alagad ay lumapit
at sinabi sa kaniya, "Alam mo ba na nang narinig ng mga
Fariseo ang mga pananalitang ito, sila ay natisod?"
13 Ngunit siya ay sumagot at sinabi, "Ang bawat halaman
na hindi itinanim ng aking Ama na nasa langit ay bubunutin.
14 Pabayaan ninyo sila. Sila ay mga bulag na tagaakay ng mga
bulag. At kapag ang bulag ang aakay sa bulag, sila ay kapwa
mahuhulog sa hukay."
15 Ngunit si Pedro ay sumagot at sinabi sa kaniya,
"Ipaliwanag mo sa amin ang talinghagang ito."
16 At sinabi ni Jesus, "Hanggang sa ngayon ay wala pa rin
ba kayong pang-unawa? 17 Hindi pa ba ninyo nauunawaan
na ang bawat pumapasok sa bibig ay pumapasok sa tiyan
at idinudumi sa palikuran? 18 Ngunit ang mga bagay na
lumalabas mula sa bibig ay lumalabas mula sa puso at ang
mga iyon ang nagpaparumi sa tao 19 sapagkat mula sa puso
ay lumalabas ang masasamang kaisipan, mga pagpatay, mga
pangangalunya, mga pakikiapid, mga pagnanakaw, mga
walang katotohanang pagsaksi at mga paglapastangan. 20 Ang
mga ito ang nagpaparumi sa tao. Ngunit ang kumain ng
hindi nakapaghugas ng mga kamay ay hindi nagpaparumi sa
tao."

15:11 Gaw 10:14-15
15:14 Luc 6:39; Rom 2:19
15:18 Luc 6:45; San 3:6
15:19 Gal 5:19-21
15:20 Rom 14:14
15:24 Rom 15:8

Nanampalataya ang Isang Taga-Canaan

Mar 7:24-30

21 At pagkaalis ni Jesus mula sa lugar na iyon, siya ay
pumunta sa mga baybayin ng Tiro at Sidon. 22 Narito, isang
babaing taga-Canaan na nagmula sa mga hangganan ding
iyon ang lumabas at sumigaw na nagsasabi sa kaniya,
"Panginoon, Anak ni David, mahabag ka sa akin. Ang aking
anak na babae ay labis na pinahihirapan ng demonyo."
23 Ngunit siya ay hindi sumagot sa kaniya ng kahit isang
salita. At ang kaniyang mga alagad ay lumapit sa kaniya at
pinakiusapan siya na sinasabi, "Paalisin mo siya sapagkat
siya ay sumisigaw sa likuran natin."
24 Ngunit siya ay sumagot at sinabi, "Hindi ako isinugo
maliban sa mga naligaw na tupa ng sambahayan ng Israel."
25 Subalit siya ay lumapit at sinamba si Jesus na sinasabi,
"Panginoon, tulungan mo ako!"
26 Ngunit sumagot siya at sinabi, "Hindi mabuti na kunin
ang tinapay ng mga anak at itapon sa mga aso."
27 At sinabi ng babae, "Totoo, Panginoon, sapagkat kahit

ang mga aso ay kumakain ng mga mumong nahuhulog mula sa hapag-kainan ng kanilang mga panginoon.”

28 Pagkatapos nito ay sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, “Ginang, napakalaki ng iyong pananampalataya. Mangyari sa iyo ang ayon sa ibig mo.” At gumaling ang kaniyang anak na babae simula sa oras na iyon.

Pinakain ni Jesus ang Apat na Libo

Mar 8:1-10

29 At nang nakaalis si Jesus mula sa lugar na iyon, siya ay pumunta sa tabi ng dagat ng Galilea. At nang siya ay nakaahon sa bundok, siya ay umupo roon. **30** At lumapit sa kaniya ang lubhang napakaraming tao na kasama nila ang mga pilay, mga bulag, mga pipi, mga may kapansanan sa kamay o sa paa, at marami pang iba. Sila ay kanilang inilagay sa paanan ni Jesus at sila ay kaniyang pinagaling. **31** Kung kaya ang napakaraming tao ay namangha habang nakikita nilang nagsasalita ang mga pipi, gumaling ang mga may kapansanan, lumalakad ang mga lumpo at nakakita ang mga bulag. At niluwalhati nila ang Diyos ng Israel.

32 Kaya tinawag ni Jesus ang kaniyang mga alagad at sinabi, “Nahahabag ako sa napakaraming tao sapagkat tatlong araw na silang nananatiling kasama ko at sila ay walang anumang makakain. At hindi ko ibig na paalisin silang hindi kumain baka sila ay manghina sa daan.”

16:1 Gaw 4:1

33 Subalit sinabi sa kaniya ng kaniyang mga alagad, “Saan tayo kukuha sa ilang ng napakaraming tinapay upang mabusog ang napakaraming taong ito?”

34 Kaya sinabi ni Jesus sa kanila, “Ilang tinapay ang mayroon kayo?”

At sinabi nila, “Pito at kaunting maliliit na isda.”

35 At kaniyang inutusan ang napakaraming tao na umupo sa lupa **36** Kinuha niya ang pitong tinapay at ang mga isda at nang siya ay nakapagpasalamat, pinagputul-putol niya ang mga ito at ibinigay sa kaniyang mga alagad at ang mga alagad sa napakaraming tao. **37** At silang lahat ay kumain at nabusog. At kanilang pinulot ang mga lumabis na pira-pirasong pagkain at pitong kaing ang napuno. **38** At ang mga kumain ay apat na libong lalaki maliban sa mga babae at mga bata. **39** At kaniyang pinaalis ang napakaraming tao at siya ay sumakay sa bangka at pumunta sa mga hangganan ng Magdala.

Hiningan si Jesus ng Tanda

Mar 8:11-13

16 Lumapit ang mga Fariseo at ang mga Saduseo♦, sa kanilang panunubok, hiniling nila sa kaniya na

magpakita siya sa kanila ng tanda mula sa langit. 2Sumagot
siya at sinabi sa kanila, "Sa pagsapit ng gabi, sinasabi ninyo,
'Mabuti ang panahon dahil pumupula ang langit.' 3At sa
umaga ay sinasabi ninyo, 'Ngayong araw, masama ang
panahon dahil pumupula at kumukulimlim ang langit.' Mga
mapagpaimbabaw! Marurunong nga kayong kilalanin ang
anyo ng langit subalit hindi ninyo kaya ang mga tanda ng mga
nakatakdang panahon. 4Ang lahing masama at mapangalunya
ay naghahanap ng tanda ngunit walang ibibigay na tanda
sa kaniya maliban sa tanda ni Jonas na propeta." At sila ay
kaniyang iniwan at umalis.

Mag-ingat sa Pampaalsa ng mga Fariseo at Saduseo

Mar 8:14-21

5At nang ang kaniyang mga alagad ay nakarating sa kabilang
ibayo, nakalimutan nilang magdala ng mga tinapay. 6Kaya
sinabi ni Jesus sa kanila, "Magbantay kayo at mag-ingat kayo sa
pampaalsa ng mga Fariseo at ng mga Saduseo."

7Ngunit sila ay nagbigay-katuwiran sa kanilang mga sarili na
sinasabi, "Ito ay dahil wala tayong dinalang mga tinapay."

8Ngunit dahil ito ay alam ni Jesus, sinabi niya sa kanila,
"Kayong maliit ang pananampalataya, bakit kayo nagbigay-
katuwiran sa inyong mga sarili na hindi kayo nagdala ng
mga tinapay? 9Hindi pa ba ninyo nauunawaan, ni naaalala
ang limang tinapay ng limang libo, at ilang bakol ang inyong
nakuha? 10O kaya ang pitong tinapay ng apat na libo, at ilang
kaing ang inyong nakuha? 11Bakit hindi ninyo nauunawaan
na hindi patungkol sa tinapay ang sinabi ko sa inyo? Mag-
ingat kayo sa pampaalsa ng mga Fariseo at ng mga Saduseo."
12Pagkatapos nito ay naunawaan nila na hindi niya sinabi na
mag-ingat sila sa pampaalsa ng tinapay kundi sa katuruan ng
mga Fariseo at ng mga Saduseo.

16:3 Luc 12:54-56
16:6 Luc 12:1
16:12 Gaw 4:1
16:14 Mar 6:15; Jua 1:21
16:16 Gaw 14:15; 2Co 6:16; 1Te 1:9; 1Ti 3:15; Heb 10:31
16:17 1Co 15:50; Efe 6:12; Heb 2:14

Ang Pahayag ni Pedro Patungkol sa Cristo

Mar 8:27-30; Luc 9:18-21

13At nang nakarating si Jesus sa mga lupain ng Cesarea
Filipos, tinanong niya ang kaniyang mga alagad, na sinasabi,
"Sino ako na Anak ng Tao ayon sa sinasabi ng mga tao?"

14At sinabi nila, "Ang ilan: si Juan na tagapagbawtismo, sa
iba si Elias, sa mga iba pa si Jeremias o isa sa mga propeta."

15Sinabi niya sa kanila, "Ngunit kayo, sino ako ayon sa
sinasabi ninyo?"

16At sumagot si Simon Pedro at sinabi, "Ikaw ang Cristo, ang
Anak ng Diyos na buhay."

17Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, "Pinagpala ka, Simon

na anak ni Jonas, sapagkat hindi ito ipinahayag sa iyo ng
laman at ng dugo kundi ng aking Ama na siyang nasa langit.
18 At ako naman ang nagsasabi sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa
ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesiya at ang
mga tarangkahan ng Hades ay hindi mananaig laban sa kaniya.
19 At ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng paghahari ng langit. At
kung anuman ang iyong talian sa lupa ay natalian na sa langit
at kung anuman ang iyong kalagan sa lupa ay nakalagan na sa
langit."
20 Pagkatapos nito ay kaniyang pinagbilinan ang kaniyang
mga alagad na huwag nilang sasabihin kahit kaninuman na siya
ay si Jesus, ang Cristo.

Inihayag ni Jesus ang Kaniyang Kamatayan

Mar 8:31-9:1; Luc 9:22-27

16:18 Jua 1:42; Efe 2:20
16:19 Jua 20:23; Pah 3:7
16:20 Mar 8:30
16:21 Mar 9:31; Luc 9:22, 51; 17:25; 24:21,46; Jua 2:19; 18:22; Gaw 2:23; 1Co 15:3-4
16:24 Luc 14:27
16:25 Jua 12:25
16:27 Luc 17:30; Jua 14:3; Gaw 1:11; Rom 2:6; 1Co 1:7; 2Co 5:10; 1Te 2:19; Pah 1:7; 22:12

21 Mula noon ay sinimulan nang ipakita ni Jesus sa kaniyang
mga alagad na kailangan niyang pumunta sa Jerusalem upang
maghirap ng labis mula sa matatanda at sa mga punong
saserdote at sa mga eskriba. At siya ay papatayin subalit
muling ibabangon sa ikatlong araw.
22 At siya ay isinama ni Pedro at sinimulan siyang sawayin
na sinasabi, "Panginoon, huwag nawang mangyari sa iyo.
Hinding-hindi ito mangyayari sa iyo."
23 Ngunit nang siya ay lumingon at kaniyang sinabi kay
Pedro, "Pumunta ka sa likuran ko, Satanas. Ikaw ay hadlang
sa akin sapagkat hindi mo iniisip ang mga bagay na ukol sa
Diyos, kundi ang mga bagay na ukol sa mga tao."

Tanggihan ang Sarili at Sumunod sa Akin

24 Pagkatapos nito ay sinabi ni Jesus sa kaniyang mga
alagad, "Kung ang sinuman ay ibig sumunod sa akin,
tanggihan niya ang kaniyang sarili, pasanin niya ang kaniyang
krus at sumunod siya sa akin. **25** Ito ay sapagkat ang sinumang
magnanais na iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan
nito, ngunit ang sinumang mawawalan ng kaniyang buhay
alang-alang sa akin ay masusumpungan ito. **26** Dahil ano ang
napapakinabangan ng isang tao kapag makamtan niya ang
buong sanlibutan at mapahamak ang kaniyang kaluluwa? O
ano ang ibibigay ng isang tao kapalit ng kaniyang kaluluwa?
27 Sapagkat ang Anak ng Tao ay malapit ng dumating sa
kaluwalhatian ng kaniyang Ama kasama ang kaniyang mga
anghel. Pagkatapos nito ay gagantimpalaan niya ang bawat tao
ayon sa kaniyang gawa.
28 "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, may ilan sa mga
nakatayo rito ang hinding-hindi makakaranas ng kamatayan

hanggang sa kanilang makita ang Anak ng Tao na dumarating
sa kaniyang kaharian."

Ang Pagbabagong-anyo ni Jesus

Mar 9:2-13; Luc 9:28-36

17 Pagkaraan ng anim na araw ay isinama ni Jesus sina
Pedro at Santiago at si Juan na kaniyang kapatid, at sila
ay dinala niyang bukod patungo sa isang mataas na bundok.
2At siya ay nagbagong-anyo sa harapan nila at nagliwanag ang
kaniyang mukha katulad ng araw at ang kaniyang mga damit
ay pumuti katulad ng liwanag. **3**Narito, nagpakita sa kanila
sina Moises at Elias na nakikipag-usap sa kaniya. **4**Sinabi ni
Pedro kay Jesus, "Panginoon, mabuti para sa amin na kami ay
naririto. Kung nanaisin mo, kami ay gagawa ng tatlong kubol
dito. Ang isa ay para sa iyo, ang isa ay para kay Moises at isa ay
para kay Elias."

5Habang siya ay nagsasalita pa, narito, lumilim sa kanila
ang isang maningning na ulap, at narito ang isang tinig
buhat sa ulap, na nagsasabi, "Ito ang pinakamamahal kong
Anak na lubos kong kinalulugdan. Pakinggan ninyo siya."
6At nang narinig ito ng mga alagad, sila ay nagpatirapa sa
kanilang mukha at sila ay lubhang natakot. **7**Lumapit si Jesus
at hinawakan sila at sinabi, "Tumindig kayo at huwag kayong
matakot." **8**Subalit sa pag-angat ng kanilang mga paningin, sila
ay walang nakitang sinuman maliban lamang kay Jesus.

9At habang sila ay bumababa mula sa bundok, sila ay
pinagbilinan ni Jesus na nagsasabi, "Huwag ninyong sabihin
kahit kaninuman ang pangitain hanggang sa ang Anak ng Tao
ay muling bumangon mula sa mga patay."

10At siya ay tinanong ng kaniyang mga alagad na nagsasabi,
"Kung gayon bakit sinasabi ng mga eskriba na dapat munang
dumating si Elias?"

11Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, "Totoong darating
muna si Elias at ipapanumbalik ang lahat ng mga bagay.
12Ngunit sinasabi ko sa inyo na si Elias ay dumating na at
siya ay hindi nila kinilala subalit ginawa nila sa kaniya ang
anumang kanilang ninais. Gayundin naman ang Anak ng Tao
ay malapit nang pahirapan sa pamamagitan nila." **13**Pagkatapos
nito ay naunawaan ng mga alagad na patungkol kay Juan na
tagapagbawtismo ang sinasabi niya sa kanila.

Pinagaling ni Jesus ang Epileptiko

Mar 9:14-29; Luc 9:37-43

14Nang sila ay dumating sa napakaraming tao, isang
lalaki ang lumapit na nanikluhod sa kaniya na sinasabi,

17:5 Gaw 3:22-23
17:9 Mar 8:30
17:11 Luc 1:16-17

15 "Panginoon, mahabag ka sa aking anak na lalaki sapagkat
siya ay epileptiko at lubha nang nahihirapan. Siya ay madalas
na nabubuwal sa apoy at madalas din sa tubig. 16 At siya
ay dinala ko sa iyong mga alagad ngunit siya ay hindi nila
nakayang pagalingin."
17 Sumagot nga si Jesus at sinabi, "O lahing walang
pananampalataya at nagpakalihis, hanggang kailan ako
mananatiling kasama ninyo at hanggang kailan ako magtitiis
sa inyo? Dalhin ninyo siya rito sa akin." 18 Sinaway ni Jesus
ang demonyo at ito ay lumabas mula sa batang lalaki at siya
ay gumaling sa oras ding iyon.
19 Pagkatapos nito ay lumapit nang bukod ang mga alagad
kay Jesus at sinabi, "Bakit hindi namin nakayang palayasin
ang demonyo?"
20 Kaya sinabi ni Jesus sa kanila, "Dahil sa inyong hindi
pananampalataya. Ngunit katotohanang sinasabi ko sa inyo,
kapag kayo ay magkakaroon ng pananampalatayang katulad
ng butil ng mustasa ay sasabihin ninyo sa bundok na ito,
'Lumipat ka roon mula rito,' at ito ay lilipat. At sa inyo ay
walang anumang hindi mangyayari. 21 Ngunit ang ganitong
uri ay hindi napapalabas maliban sa pamamagitan ng
panalangin at pag-aayuno."
22 At habang sila ay nananatili sa Galilea, sinabi ni Jesus sa
kanila, "Ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo sa mga kamay ng
mga tao. 23 At siya ay papatayin nila subalit sa ikatlong araw
siya ay ibabangon." At sila ay lubhang namighati.

17:20 Luc 17:6; 1Co 13:2
17:25 Rom 13:7
17:27 Jua 6:61

Ang Buwis ng Templo

24 Nang sila ay dumating sa Capernaum, sila na mga
maniningil ng buwis ng templo♦ ay lumapit kay Pedro at
sinabi, "Hindi ba nagbabayad ng buwis ng templo ang inyong
guro?"
25 Sinabi niya, "Oo."
At nang siya ay nakapasok sa bahay, inunahan na siya ni
Jesus sa pagsasalita, "Ano ang palagay mo, Simon? Kanino
naniningil ng mga bayarin o buwis ang mga hari sa daigdig?
Sa kanila bang mga anak o sa mga dayuhan?"
26 Sinabi ni Pedro sa kaniya, "Sa mga dayuhan."
Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Kung gayon, ang mga anak
ay malaya. 27 Gayunpaman, upang hindi nila tayo katisuran,
pumaroon ka sa dagat at ihulog mo ang kawil at kunin mo
ang unang isda na iyong mahuhuli. At pagkabuka mo ng
kaniyang bibig ay matatagpuan mo ang isang piraso ng pera°.
Kunin mo iyon at ibigay mo sa kanila na buwis para sa akin
at sa iyo."

Sino ang Pinakadakila?

Mar 9:33-37; Luc 9:46-48

18 Sa oras ding iyon ay lumapit ang mga alagad kay Jesus
na sinasabi, "Sino kung gayon ang pinakadakila sa
paghahari ng langit?"

2Kaya tinawag ni Jesus sa kaniya ang isang maliit na bata at
pinatayo sa kalagitnaan nila. **3**At sinabi niya, "Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, maliban na kayo ay magbago at maging
katulad ng maliliit na bata, hinding-hindi kayo makakapasok
sa paghahari ng langit. **4**Kaya ang sinumang magpakumbaba
ng kaniyang sarili katulad ng maliit na batang ito ay siyang
pinakadakila sa paghahari ng langit. **5**At ang sinumang
tatanggap sa isa sa maliliit na batang katulad nito sa aking
pangalan ay tinatanggap ako.

Mga Kadahilanan ng Pagkatisod

Mar 9:42-50

6"Ngunit ang sinumang makakapagpatisod ng isa sa maliliit
na ito na sumasampalataya sa akin, mabuti pa sa kaniya na
bitinan ng malaking gilingang-bato sa kaniyang leeg at siya ay
ilunod sa kalaliman ng dagat.

7"Sa aba ng sangkatauhan dahil sa mga katitisuran
sapagkat kinakailangan na ang mga katitisuran ay dumating.
Gayunpaman, sa aba ng taong pinanggagalingan ng katitisuran!
8"Kaya kung ang iyong kamay o ang iyong paa ang tumitisod
sa iyo, putulin mo ang mga ito at itapon mong palayo sa iyo.
Higit na mabuti sa iyo na pumasok sa buhay na pilay o baldado
kaysa may dalawang kamay o may dalawang paa na ihahagis
sa apoy na walang hanggan. **9**At kung ang iyong mata ang
tumitisod sa iyo, dukutin mo ito at itapon mong palayo sa iyo.
Higit na mabuti sa iyo na pumasok sa buhay na may isang
mata kaysa may dalawang mata na ihahagis sa apoy na walang
hanggan.

Ang Talinghaga ng Nawawalang Tupa

Luc 15:1-7

10"Mag-ingat kayo na huwag ninyong hahamakin ang isa
sa maliliit na ito sapagkat sinasabi ko sa inyo na ang kanilang
mga anghel sa langit ay palagiang nagmamasid sa harapan ng
aking Ama na siyang nasa langit **11**dahil ang Anak ng Tao ay
pumarito upang iligtas ang mga napahamak.

12"Ano sa palagay ninyo? Kapag mangyari sa isang tao na
may isandaang tupa at ang isa sa mga ito ay naligaw, hindi
nga ba niya iiwanan ang siyamnapu't siyam at pumunta sa
kabundukan na hinanap yaong naliligaw? **13**Kapag mangyaring

18:3 1Pe 2:2
18:4 Mar 9:35
18:6 Mar 9:42; Luc 17:2
18:7 Luc 17:1
18:10 Gaw 12:11,15; Heb 1:14

matagpuan niya ito, katotohanang sinasabi ko sa inyo, siya ay higit na nagagalak sa tupang iyon kaysa sa siyamnapu't siyam na hindi naligaw. 14Gayundin naman, hindi kalooban ng inyong Ama na nasa langit na mapahamak ang isa sa maliliit na ito.

Kung ang Kapatid mo ay Magkasala sa Iyo

Luc 17:3-4

15"At kapag ang iyong kapatid ay magkasala laban sa iyo, puntahan mo siya at sabihin mo sa kaniya ang kaniyang kasalanan na kayong dalawa lang. Kapag siya ay makinig sa iyo, naipanumbalik mo ang iyong kapatid. 16Ngunit kapag ayaw ka niyang pakinggan, magsama ka pa ng isa o dalawa upang 'sa bibig ng dalawa o tatlong saksi ay mapapagtibay ang bawat salita.'

Deu 19:15

17Ngunit kapag ayaw niya silang pakinggan, sabihin mo ito sa iglesiya. Subalit kapag ayaw rin niyang pakinggan ang iglesiya, ituring mo siyang katulad ng isang pagano at maniningil ng buwis.

18"Katotohanang sinasabi ko sa inyo, kung anuman ang inyong talian sa lupa ay natalian na sa langit at kung anuman ang inyong kalagan sa lupa ay nakalagan na sa langit.

19"Sinasabi kong muli sa inyo, kapag ang dalawa sa inyo ay magkasundo sa kanilang hihilingin patungkol sa anumang bagay sa lupa, ito ay mangyayari sa kanila mula sa aking Ama na nasa langit 20sapagkat kung saan ang dalawa o tatlo ay nagkatipon sa aking pangalan, ako ay naroroon sa kanilang kalagitnaan."

18:15 Luc 17:3; Gal 6:1; San 5:19-20
18:16 Jua 8:17; 2Co 13:1; 1Ti 5:19; Heb 10:28
18:17 Rom 16:17; 1Co 6:1-6
18:18 Mat 16:19; Jua 20:23
18:19 Mat 7:7
18:20 Mat 28:20
18:21 Mat 6:14; Luc 17:4
18:23 Mat 13:24; 25:19
18:25 Luc 7:42

Ang Talinghaga ng Pagpapatawad

21Pagkatapos ay lumapit si Pedro sa kaniya at sinabi, "Panginoon, makailang ulit bang magkakasala sa akin ang aking kapatid at siya ay aking patatawarin? Hanggang sa makapito ba?"

22Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Sinasabi ko sa iyo na hindi hanggang sa makapito kundi hanggang sa makapitumpung pitong ulit. 23Dahil dito, ang paghahari ng langit ay inihalintulad sa isang hari na nais maningil ng pautang sa kaniyang mga alipin. 24At nang nagsimula na siyang maningil, iniharap sa kaniya ang isa na may utang ng sampung libong talento°. 25Ngunit dahil sa wala siyang maibayad, iniutos ng kaniyang panginoon na siya ay ipagbili, gayundin ang kaniyang asawa at mga anak at ang lahat ng kaniyang mga tinatangkilik upang makabayad. 26Subalit ang alipin ay nanikluhod at sinamba siya na sinasabi, 'Panginoon, pagtiyagaan mo ako

at babayaran ko sa iyo ang lahat.' 27Kaya ang panginoon ng
aliping iyon ay nahabag at pinawalan siya at pinatawad ang
kaniyang utang.
28"Ngunit nang lumabas ang alipin ding iyon, natagpuan
niya ang isa sa kaniyang kapwa alipin na may utang sa kaniya
ng isandaang denaryo° kaya hinawakan niya at sinakal na
sinasabi, 'Bayaran mo ako sa lahat mong pagkakautang.'
29Kaya ang kaniyang kapwa alipin ay nanikluhod sa kaniyang
paanan at nagsumamo sa kaniya na sinasabi, 'Pagtiyagaan
mo ako at lahat ay babayaran ko sa iyo.' 30Subalit hindi siya
pumayag. Sa halip, siya ay umalis at ipinabilanggo niya ang
kapwa alipin hanggang sa mabayaran niya ang kaniyang
pagkakautang. 31At nang nakita ng kaniyang mga kapwa
alipin ang nangyari, sila ay labis na namighati. Kaya sila ay
pumunta at isinumbong nila sa kanilang panginoon ang lahat
na nangyari. 32Pagkatapos siyang maipatawag, ang kaniyang
panginoon ay nagsabi sa kaniya, 'Ikaw na masamang alipin,
ipinatawad ko sa iyo ang lahat ng iyong pagkakautang dahil
nagsumamo ka sa akin, 33hindi ba nararapat na ikaw ay
mahabag din sa iyong kapwa alipin katulad din ng pagkahabag
ko sa iyo?' 34At sa labis na galit ng kaniyang panginoon, siya ay
ibinigay sa mga tagapagpahirap hanggang sa mabayaran niya
ang lahat ng kaniyang pagkakautang.
35"Gayundin naman ang gagawin sa inyo ng aking Ama na
nasa langit kapag hindi kayo magpatawad nang mula sa inyong
puso sa bawat kapatid sa kanilang pagsalangsang."

18:35
San 2:13
19:5
1Co 6:16;
Efe 5:31

Ang Pagpapaalis sa Asawang Babae

Mar 10:2-12

19 At nangyari, nang natapos na ni Jesus ang mga
pananalitang ito, siya ay umalis sa Galilea at pumunta sa
mga hangganan ng Judea sa kabilang ibayo ng Jordan. 2At siya
ay sinundan ng lubhang napakaraming tao at sila ay pinagaling
niya roon.
3Nilapitan din siya ng mga Fariseo upang siya ay subukin. At
sinabi nila sa kaniya, "Ipinapahintulot ba na paalisin ng isang
lalaki ang kaniyang asawang babae sa anumang kadahilanan?"
4Siya ay sumagot at sinabi sa kanila, "Hindi ba ninyo nabasa
na siya na lumalang mula sa simula ay nilalang sila na lalaki at
babae?

Gen 1:27; 5:2

5Sinabi pa niya, 'Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kaniyang ama
at ina, at makikipag-isa sa kaniyang asawa at ang dalawa ay
magiging isang laman.'

Gen 2:24

6 Kung kaya, hindi na sila dalawa kundi isang laman. Kaya nga,
ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao."
7 Sinabi nila sa kaniya, "Kung gayon, bakit iniutos ni Moises
na magbigay ng isang kasulatan ng paghihiwalay at paalisin
ang babae?"
8 Sinabi niya sa kanila, "Si Moises ay nagbigay ng pahintulot
dahil sa katigasan ng inyong mga puso na paalisin ninyo ang
inyong mga asawa, ngunit mula sa simula ay hindi nga ganoon.
9 At sinasabi ko sa inyo na ang sinumang magpaalis sa kaniyang
asawang babae maliban na ito ay dahil sa pakikiapid at mag-
aasawa ng iba ay nagkakasala ng pangangaluniya. At ang
sinumang magpakasal sa kaniya na pinaalis ay nagkakasala ng
pangangalunya."
10 Sinabi ng kaniyang mga alagad sa kaniya, "Kung ganiyan
ang kalagayan ng lalaki sa kaniyang asawa, nakabubuting hindi
na mag-asawa."
11 Ngunit sinabi niya sa kanila, "Hindi tinatanggap ng lahat
ang pananalitang ito maliban sa kanila na pinagkalooban nito
12 sapagkat may mga kapon na ipinanganak nang gayon mula
pa sa sinapupunan ng kanilang ina. At may mga kapon naman
na ginagawang kapon ng mga tao at may mga kapon na ginawa
nilang kapon ang kanilang mga sarili alang-alang sa paghahari
ng langit. Siya na kayang tanggapin ito ay hayaan siyang
tumanggap nito."

19:9 Luc 16:18
19:11 1Co 7:7-9,17
19:13 Mar 5:23
19:14 1Pe 2:2
19:16 Luc 10:25

Si Jesus at ang Maliliit na Bata

Mar 10:13-16; Luc 18:15-17

13 Pagkatapos nito, dinala sa kaniya ang maliliit na bata
upang maipatong niya ang kaniyang kamay sa kanila at sila ay
ipanalangin ngunit sila ay sinaway ng mga alagad. 14 Ngunit
sinabi ni Jesus, "Pahintulutan ninyo ang maliliit na bata at
huwag ninyo silang hadlangang makalapit sa akin sapagkat para
sa mga katulad nila ang paghahari ng langit." 15 At pagkatapos
niyang ipinatong ang kaniyang mga kamay sa kanila, siya ay
umalis doon.

Ang Mayamang Pinuno

Mar 10:17-31; Luc 18:18-30

16 Narito, may isang lalaking lumapit at sinabi niya kay Jesus,
"Mabuting Guro, anong mabuti ang gagawin ko upang ako ay
magkaroon ng buhay na walang hanggan?"
17 At sinabi ni Jesus sa kaniya, "Bakit mo sinasabing ako ay
mabuti? Walang sinumang mabuti maliban sa isa, ang Diyos.
Kung ninanais mong pumasok sa buhay, tuparin mo ang mga
utos."

18 Sinabi niya kay Jesus, “Alin?”

At sinabi ni Jesus, “‘Huwag kang papatay.’ ‘Huwag kang mangangalunya.’ ‘Huwag kang magnanakaw.’ ‘Huwag kang sasaksi sa hindi totoo.’

19 ‘Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina.’

Exo 20:12-16; Deu 5:16-20

At

‘Iibigin mo ang iyong kapwa katulad ng iyong sarili.’ ”

Lev 19:18

20 Sinabi ng binata sa kaniya, “Ang lahat ng mga ito ay sinunod ko simula pa sa aking pagkabata. Ano pa ang pagkukulang ko?”

21 Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Kung ninanais mong maging ganap, humayo ka, ipagbili mo ang iyong mga tinatangkilik at ibigay mo sa mga dukha at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, pumarito ka at sumunod sa akin.”

22 Ngunit nang narinig ng binata ang pananalitang ito, siya ay umalis na namimighati sapagkat nagtataglay siya ng maraming ari-arian.

23 Kaya sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, “Katotohanang sinasabi ko sa inyo na ang isang mayaman ay mahihirapang pumasok sa paghahari ng langit. **24** At muli kong sinasabi sa inyo, higit pang madali na dumaan ang isang kamelyo sa butas ng karayom kaysa sa isang mayaman na pumasok sa paghahari ng Diyos.”

25 Nang narinig ito ng kaniyang mga alagad ay lubha silang nanggilalas na sinabi, “Kung gayon, sino ang maliligtas?”

26 Ngunit si Jesus ay tumingin at sinabi sa kanila, “Para sa mga tao ay hindi ito maaring mangyari, ngunit para sa Diyos ay maaaring mangyari ang lahat ng mga bagay.”

27 Kaya sumagot si Pedro at sinabi sa kaniya, “Narito, iniwan namin ang lahat at sumunod sa iyo. Kung gayon, ano ang aming makakamtan?”

28 Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, “Katotohanang sinasabi ko sa inyo, sa pagbabago ng lahat ng mga bagay, kapag umupo na ang Anak ng Tao sa trono ng kaniyang kaluwalhatian, kayo na mga sumunod sa akin ay uupo rin sa labindalawang trono, na hinahatulan ang labindalawang lipi ng Israel. **29** At ang bawat isang nag-iwan ng mga bahay, o ng mga kapatid na lalaki, o ng mga kapatid na babae, o ng ama, o ng ina, o ng asawang babae, o ng mga anak, o ng mga lupain alang-alang sa aking pangalan ay tatanggap ng isandaang ulit at magmamana ng buhay na walang hanggan. **30** Ngunit ang mga una ay magiging huli at ang huli ay magiging una.

19:18 San 2:11
19:21 Mat 5:48; Gaw 2:45
19:23 1Ti 6:9-10
19:26 Luc 1:37; Rom 4:21
19:28 Luc 22:28-30; Pah 3:21
19:29 Mat 6:33
19:30 Mar 10:31; Luc 13:30

Ang Talinghaga ng mga Manggagawa sa Ubasan

20 "Sapagkat ang paghahari ng langit ay katulad sa isang
tao na may-ari ng sambahayan, na lumabas nang
maagang-maaga upang umupa ng mga manggagawa para sa
kaniyang ubasan. **2**At pagkatapos niyang nakipagkasundo sa
mga manggagawa na isang denaryo° sa isang araw, sila ay
isinugo niya sa kaniyang ubasan. **3**At nang siya ay lumabas
bandang ikatlong oras, nakita niya ang iba na nakatayo sa
pamilihang na walang ginagawa. **4**At sinabi niya sa kanila,
'Kayo ay pumunta rin sa ubasan at kung anuman ang nararapat
ay ibibigay ko sa inyo' at sila ay pumunta. **5**Siya ay muling
lumabas bandang ikaanim at ikasiyam na oras, gayundin ang
kaniyang ginawa. **6**At nang bandang ikalabing-isang oras, siya
ay lumabas at natagpuan niya ang iba na nakatayo na walang
ginagawa. Kaya sinabi niya sa kanila, 'Bakit nakatayo kayo
rito sa buong maghapon na walang ginagawa?' **7**Sinabi nila sa
kaniya, 'Dahil walang sinumang umupa sa amin.' Sinabi niya
sa kanila, 'Kayo ay pumunta rin sa ubasan at kung anuman ang
nararapat ay iyon ang inyong tatanggapin.'

8"Sa pagsapit ng takipsilim, sinabi ng panginoon ng ubasan
sa kaniyang katiwala, 'Tawagin mo ang mga manggagawa at
ibigay mo sa kanila ang kanilang upa, simula sa mga nahuli
hanggang sa mga nauna.' **9**At silang nasa bandang ikalabing
isang oras ay dumating, bawat isa ay tumanggap ng isang
denaryo. **10**Nang lumapit ang mga nauna, inakala nilang sila ay
tatanggap ng higit pa ngunit sila ay tumanggap din ng tig-iisang
denaryo. **11**Kaya nang natanggap nila ito, sila ay nagbulung-
bulungan laban sa may-ari ng sambahayan **12**na sinabi, 'Itong
mga nahuli ay isang oras lamang gumawa, ngunit sila ay
ginawa mong kapantay sa amin na nagbata ng hirap at init ng
maghapon.' **13**Ngunit siya ay sumagot at sinabi sa isa sa kanila,
'Kaibigan, wala akong ginawang mali sa iyo. Hindi nga ba
nakipagkasundo ka sa akin ng isang denaryo? **14**Kunin mo ang
para sa iyo at umalis ka na sapagkat ninanais kong ibigay sa
nahuling ito ang katulad din ng sa iyo. **15**Hindi ba nararapat sa
akin na gawin ang ninanais ko sa anumang akin? Masama ba
ang paningin mo dahil ako ay mabuti?' **16**Kaya ang mga huli
ay magiging una at ang mga una ay mahuhuli sapagkat marami
ang mga tinawag, ngunit kakaunti ang mga pinili."

20:12 Luc 12:55; San 1:11
20:15 Mar 7:22
20:18 Luc 9:51

Sinabi Muli ni Jesus ang Kaniyang Kamatayan

Mar 10:32-34; Luc 18:31-34

17Habang umaahon si Jesus patungong Jerusalem, ang
labindalawang alagad ay isinama niyang bukod sa daan at
sinabi sa kanila, **18**"Narito, tayo ay umaahon sa Jerusalem at

ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo sa mga punong saserdote
at sa mga eskriba, at siya ay hahatulan nila ng kamatayan.
19 Ipagkakanulo rin siya sa mga Gentil upang kutyain, hagupitin
at ipako sa krus, ngunit sa ikatlong araw siya ay babangon."

Ang Kahilingan ng Isang Ina

Mar 10:35-45

20 Pagkatapos nito, ang ina ng mga anak ni Zebedeo kasama
ang kaniyang mga anak na lalaki ay lumapit kay Jesus na
sumasamba at humihiling sa kaniya.
21 At sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ano ang ninanais mo?"
Sinabi niya sa kaniya, "Sabihin mo na itong dalawa kong
anak ay mauupo sa iyong kaharian, ang isa ay sa iyong
bahaging kanan at ang isa ay sa iyong bahaging kaliwa."
22 Ngunit sumagot si Jesus, "Hindi ninyo alam kung ano
ang inyong hinihiling. Kakayanin ba ninyong inumin ang
sarong malapit ko nang inumin at bawtismuhan sa bawtismong
ibinabawtismo sa akin?"
Sinabi nila sa kaniya, "Makakaya namin."
23 Subalit sinabi niya sa kanila, "Iinumin nga ninyo ang aking
saro at babawtismuhan kayo ng bawtismo na ibinabawtismo sa
akin, ngunit hindi ako ang magkakaloob ng pag-upo sa aking
bahaging kanan at sa aking bahaging kaliwa sapagkat ito ay
para sa kanila na ipinaghanda ng aking Ama."
24 Nang narinig ito ng sampu ay lubha silang nagalit sa
magkapatid. 25 Ngunit sila ay tinawag ni Jesus na lumapit sa
kaniya at sinabi, "Alam na ninyo na ang mga pinuno ng mga
Gentil ay namumuno na may pagkapanginoon sa kanila at ang
mga dakilang tao ay namamahalang may kapangyarihan sa
kanila. 26 Ngunit hindi dapat ganoon ang mangyayari sa inyo.
Sa halip, ang sinuman sa inyo ang nagnanais na maging dakila,
hayaan siyang maging tagapaglingkod ninyo. 27 At sinuman
sa inyo ang magnanais na maging pangunahin, hayaan siyang
maging alipin ninyo, 28 kung paanong ang Anak ng Tao ay hindi
pumarito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at
upang ibigay ang kaniyang buhay bilang pantubos sa marami."

Nakakita ang Dalawang Bulag

Mar 10:46-52; Luc 18:35-43

29 Habang sila ay papalabas sa Jerico, sumunod sa kaniya ang
lubhang napakaraming tao. 30 Narito, may dalawang lalaking
bulag ang nakaupo sa tabi ng daan. Nang narinig nilang
dumadaan si Jesus, sila ay sumigaw na sinasabi, "Panginoon,
Anak ni David, mahabag ka sa amin!"
31 At sila ay sinaway ng napakaraming tao upang sila ay

20:19
Gaw 2:23
20:20
Mat 4:21
20:22
Mar 14:36; Luc 22:42; Jua 18:11
20:23
Gaw 12:2; Pah 1:9
20:24
Luc 22:24-25
20:26
Mar 9:35
20:28
Luc 12:37; Jua 13:13-16; 2Co 8:9; Flp 2:7; 1Ti 2:6; Tit 2:14; Heb 9:28; 1Pe 1:18-19

tumahimik, ngunit lalo pa silang sumigaw na sinasabi,
“Panginoon, Anak ni David, mahabag ka sa amin!”
32 Kaya si Jesus ay huminto at tinawag sila at sinabi, “Ano
ang ninanais ninyong gawin ko sa inyo?”
33 Sinabi nila sa kaniya, “Panginoon, ang mabuksan
ang aming mga paningin.” 34 Kaya si Jesus ay nahabag sa
kanila at hinawakan ang kanilang mga mata. At kaagad
nanumbalik ang kanilang mga paningin at sumunod sa
kaniya.

Pumasok si Jesus sa Jerusalem

Mar 11:1-10; Luc 19:28-40; Jua 12:12-19

21 Nang sila ay malapit na sa Jerusalem at dumating sa
Betfage, patungo sa bundok ng mga Olibo, sa oras na
iyon, si Jesus ay nagsugo ng dalawang alagad 2 na sinasabi
sa kanila, “Pumaroon kayo sa nayon na nasa unahan ninyo
at kayo ay makakatagpo kaagad ng isang nakataling asno
na may kasamang isang bisiro. Kalagan sila at dalhin ninyo
sa akin. 3 At kapag may magsabi sa inyo ng anuman, ito ang
sasabihin ninyo, ‘Kailangan sila ng Panginoon’ at sila ay
kaagad niyang ipapadala.”

21:1 Mar 14:26; Luc 19:37; Jua 8:1; Gaw 1:12
21:9 Luc 2:14
21:11 Luc 7:16, 39; Jua 1:21,25

4 At ang lahat ng ito ay nangyari upang matupad ang
sinabi sa pamamagitan ng propeta na sinasabi,
5 “Sabihin ninyo sa anak na babae ng Zion,

Isa 62:11

‘Narito, ang iyong hari ay dumarating sa iyo. Siya ay
maamo at nakasakay sa isang asno, sa bisirong anak
ng asno.’ ”

Zak 9:9

6 Kaya lumakad ang mga alagad at ginawa ang ayon
sa iniutos sa kanila ni Jesus. 7 At kinuha nila ang asno at
ang bisiro, at ipinatong nila sa mga ito ang kanilang mga
damit at siya ay iniupo nila sa mga ito. 8 At ang lubhang
napakaraming tao ay naglatag ng kanilang mga damit sa
daan. Ang iba naman ay pumutol ng mga sanga mula sa mga
punongkahoy at inilatag sa daan. 9 At ang napakaraming
tao na nauuna sa kaniya at ang mga sumusunod sa kaniya
ay sumigaw na sinasabi, “Hosana♦ sa Anak ni David!
‘Pinagpala siya na dumarating sa pangalan ng Panginoon!’

Awi 118:25-26

Hosana sa kataas-taasan!”
10 At nang siya ay pumasok sa Jerusalem, ang buong
lungsod ay nayanig na sinasabi, “Sino ito?”
11 Kaya sinabi ng napakaraming tao, “Siya ay si Jesus, ang
propeta na taga-Nazaret ng Galilea.”

Nilinis ni Jesus ang Templo

Mar 11:15-18; Luc 19:45-48

12 At si Jesus ay pumasok sa templo♦ ng Diyos at itinaboy
niya ang lahat ng mga nagtitinda at mga namimili sa
templo at itinaob niya ang mga mesa ng mga mamamalit-
salapi at ang mga upuan ng mga nagtitinda ng mga
kalapati. **13** Sinabi niya sa kanila,
"Nasusulat, 'Ang aking bahay ay tatawaging
bahay-dalanginan,'
Isa 56:7
ngunit ginawa ninyo itong 'yungib ng mga tulisan.' "
Jer 7:11

14 At lumapit ang mga bulag at mga pilay kay Jesus sa
templo at sila ay pinagaling niya. **15** Ngunit nang nakita
ng mga punong saserdote at ng mga eskriba ang mga
kamangha-manghang bagay na ginawa niya at ang mga
batang sumisigaw sa loob ng templo, na sinasabi, "Hosana
sa Anak ni David!" sila ay lubhang nagalit. **16** Kaya sinabi
nila kay Jesus, "Naririnig mo ba ang sinasabi ng mga ito?"
At sinabi ni Jesus sa kanila, "Oo, hindi ba ninyo nabasa,
'Mula sa bibig ng mga bata at ng mga sanggol na sumususo
ay inihanda mo ang papuri'?"
Awi 8:2

17 Kaya nang sila ay iniwan niya roon, siya ay lumabas
sa lungsod patungo sa Betania at nagpalipas ng gabi roon.

21:15 Luc 19:39
21:17 Mar 11:1; Luc 24:50; Jua 11:1,18
21:21 Luc 17:6; 1Co 13:2; San 1:6

Natuyo ang Puno ng Igos

Mar 11:12-14, 20-24

18 Kinaumagahan, siya ay nagutom habang siya ay
pabalik sa lungsod. **19** At pagkakita niya sa isang puno
ng igos sa tabing-daan, ito ay nilapitan niya ngunit siya
ay walang nakita sa puno kundi ang mga dahon lamang,
kaya sinabi niya sa puno, "Kailanman ay hindi ka na
magkakaroon ng bunga." At ang puno ng igos ay natuyo
kaagad.

20 Nang nakita ito ng mga alagad, sila ay namangha na
sinasabi, "Paano natuyo kaagad ang puno ng igos?"

21 Kaya si Jesus ay sumagot sa kanila, "Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, kapag kayo ay may pananampalataya
at hindi mag-aalinlangan, hindi lamang ninyo magagawa
itong gaya sa puno ng igos. Subalit kapag inyo ring
sasabihin sa bundok na ito, 'Maalis ka at maihagis ka sa
dagat' ay mangyayari ito. **22** At ang lahat ng mga bagay,
anuman ang inyong hihilingin sa panalangin na may
pananampalataya ay inyong makakamtan."

Ang Kapangyarihan ni Jesus

Mar 11:27-33; Luc 20:1-8

23 At pagkapasok ni Jesus sa templo, nilapitan siya ng mga
punong saserdote at ng matatanda habang siya ay nagtuturo,
at sinabi sa kaniya, "Sa anong kapamahalaan ginagawa
mo ang mga bagay na ito? At sino ang nagbigay sa iyo ng
kapamahalaang ito?"

24 Ngunit si Jesus ay sumagot sa kanila, "Isang bagay rin ang
itatanong ko sa inyo na kapag masagot ninyo, sasabihin ko rin
sa inyo kung sa anong kapamahalaan ko ginagawa ang mga
bagay na ito. **25** Saan nagmula ang bawtismo ni Juan, ito ba ay
mula sa langit o mula sa mga tao?"

At sila ay nagbigay-katuwiran sa isa't isa na sinasabi, "Kapag
sabihin natin, 'Mula sa langit,' sasabihin niya sa atin, 'Kung
gayon, bakit siya ay hindi ninyo pinaniwalaan?' **26** Ngunit kapag
sabihin natin, 'Mula sa mga tao,' nakakatakot para sa atin ang
napakaraming tao sapagkat si Juan ay kinikilala ng lahat bilang
propeta." **27** Kaya sila ay sumagot kay Jesus at sinabi, "Hindi
namin alam."

Sumagot din siya sa kanila, "Ako man ay hindi magsasabi sa
inyo kung sa anong kapamahalaan ginagawa ko ang mga bagay
na ito."

21:23 Gaw 4:7
21:31 Luc 7:29,50
21:32 Luc 3:12-13; 7:36-50

Ang Talinghaga ng Dalawang Anak

28 "Ngunit ano sa palagay ninyo? Ang isang tao ay may
dalawang anak. Siya ay lumapit sa una at sinabi, 'Anak,
pumunta ka ngayon at gumawa ka sa aking ubasan.' **29** Sumagot
ito at sinabi, 'Ayaw ko,' ngunit di nagtagal siya ay nagsisi
at lumisan. **30** Siya ay lumapit sa ikalawa at gayundin ang
kaniyang sinabi. At sumagot ito at sinabi, 'Panginoon, ako ay
pupunta,' ngunit siya ay hindi pumunta. **31** Sino sa kanilang
dalawa ang gumawa ng kalooban ng ama?"

Sinabi nila sa kaniya, "Ang una."

Sinabi ni Jesus sa kanila, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo
na ang mga maniningil ng buwis at mga patutot ay nauuna sa
inyo sa pagpasok sa paghahari ng Diyos, **32** sapagkat si Juan ay
dumating sa inyo sa daan ng katuwiran at siya ay hindi ninyo
pinaniwalaan. Ngunit ang mga maniningil ng buwis at ang mga
patutot ay naniwala sa kaniya. Bagamat nakita ninyo ito, di
nagtagal ay hindi kayo nagsisi upang maniwala sa kaniya.

Ang Talinghaga ng mga Magsasaka

Mar 12:1-12; Luc 20:9-19

33 "Pakinggan ninyo ang isa pang talinghaga. May isang
lalaking nagmamay-ari ng sambahayan na nagtanim ng

ubasan at siya ay naglagay ng bakod sa palibot, at naghukay
ng pisaan ng ubas, at nagtayo ng tore, at ipinaupahan ito sa
mga magsasaka, at siya ay naglakbay. **34**At nang papalapit na
ang panahon ng pamumunga, isinugo niya ang kaniyang mga
alipin sa mga magsasaka upang kunin ang mga bunga nito.
35Ngunit kinuha ng mga magsasaka ang kaniyang mga alipin at
hinagupit nga nila ang iba at pinatay nila ang iba at pinagbabato
nila ang iba. **36**Muli, siya ay nagsugo ng ibang alipin na higit
na marami kaysa sa mga nauna at gayundin ang ginawa nila sa
kanila. **37**Ngunit sa kahuli-hulihan, isinugo niya sa kanila ang
kaniyang anak na lalaki na sinasabi, 'Igagalang nila ang aking
anak.' **38**Ngunit nang nakita ng mga magsasaka ang kaniyang
anak, sinabi nila sa isa't isa, 'Ito ang tagapagmana. Halikayo,
patayin natin siya at angkin natin ang kaniyang mana.' **39**Kaya
siya ay kinuha nila at dinala sa labas ng ubasan at pinatay.

40"Kapag bumalik nga ang panginoon ng ubasan, ano ang
kaniyang gagawin sa mga magsasakang iyon?"

41Sinabi nila sa kaniya, "Walang awa niyang pupuksain ang
masasamang taong iyon at ang ubasan ay papaupahan niya sa
ibang mga magsasaka na magbibigay sa kaniya ng mga bunga
sa kanilang panahon."

42Sinabi ni Jesus sa kanila, "Hindi pa ba ninyo nabasa sa
Kasulatan♦, 'Ang batong itinakwil ng mga tagapagpatayo ang
siya ring naging ulo ng panulok. Ito ay gawa ng Panginoon at
ito ay kamangha-mangha sa ating mga paningin'?
Awi 118:22-23

43"Dahil dito ay sinasabi ko sa inyo, ang paghahari ng
Diyos ay aalisin sa inyo at ibibigay sa bansang nagbibigay ng
kaniyang mga bunga. **44**Ang sinumang babagsak sa batong ito
ay magkakapira-piraso, ngunit ang sinumang mabagsakan nito
ay magkakadurug-durog."

45Nang narinig ng mga punong saserdote at ng mga Fariseo
ang kaniyang mga talinghaga, kanilang naunawaan na sinasabi
niya ito patungkol sa kanila. **46**At bagaman sila ay naghahanap
ng pagkakataon upang siya ay dakpin, sila ay natakot sa
napakaraming tao sapagkat siya ay tinanggap nila bilang
propeta.

21:35 Heb 11:36-37
21:38 Heb 1:2
21:41 Gaw 13:46
21:42 Gaw 4:11
21:44 Luc 2:34

Ang Talinghaga ng Malaking Piging

Luc 14:15-24

22 At si Jesus ay muling sumagot at nagsalita sa kanila sa
pamamagitan ng mga talinghaga na sinasabi, **2**"Ang
paghahari ng langit ay inihalintulad sa tao, sa isang hari, na
gumawa ng piging ng kasalan para sa kaniyang anak na lalaki.
3At isinugo niya ang kaniyang mga alipin upang tawagin ang

mga naanyayahan para sa piging ng kasalan, ngunit ayaw
nilang pumunta. 4Muli, siya ay nagsugo ng ibang mga alipin
na sinasabi, 'Sabihin ninyo sa mga naanyayahan, "Narito, ang
aking piging ay inihanda ko na. Ang aking mga toro at mga
pinatabang baka ay kinatay na at handa na ang lahat. Halina na
kayo sa piging ng kasalan." ' 5Ngunit sila na hindi nagpahalaga
ay umalis, ang isa nga ay patungo sa kaniyang bukid at ang isa
ay patungo sa kaniyang kalakal. 6Ngunit hinuli ng mga naiwan
ang kaniyang mga alipin at sila ay inalipusta at sila ay pinatay.
7Subalit nang narinig ito ng hari, siya ay labis na nagalit at
isinugo niya ang kaniyang mga hukbo at pinuksa nila ang
mga mamamatay taong iyon at sinunog ang kanilang lungsod.
8Pagkatapos, sinabi niya sa kaniyang mga alipin, 'Ang piging
ng kasalan ay talagang handa na, ngunit ang mga naanyayahan
ay hindi karapat-dapat. 9Kaya pumunta kayo sa mga lagusan
ng mga daan at gaano man karami ang inyong matagpuan ay
anyayahan ninyo sa piging ng kasalan.' 10Kaya lumabas ang
mga aliping iyon sa mga daan at kanilang tinipon ang lahat
gaano man karami ang kanilang natagpuan, kapwa ang mga
masama at ang mga mabuti. At ang kasalan ay napuno ng mga
panauhin.

22:7 Luc 19:27
22:14 Pah 17:14
22:16 Mar 3:6

11"Ngunit nang pumasok ang hari upang tingnan ang
mga panauhin, siya ay nakakita ng isang lalaki roon na hindi
nakasuot ng damit para sa kasalan. 12At sinabi niya sa kaniya,
'Kaibigan, papaano ka nakapasok dito na hindi nakasuot ng
damit para sa kasalan?' Ngunit siya ay nanahimik. 13Kaya
sinabi ng hari sa mga tagapaglingkod, 'Igapos ninyo ang
kaniyang mga paa at mga kamay at siya ay dalhin ninyo at
itapon sa kadilimang nasa labas. Doon ay magkakaroon ng
pananangis at pagngangalit ng mga ngipin.'
14"Sapagkat marami ang tinawag ngunit kaunti ang pinili."

Ang Pagbabayad ng Buwis kay Cesar

Mar 12:13-17; Luc 20:20-26

15Pagkatapos nito ay umalis ang mga Fariseo at nagkaroon
ng pagsanggunian kung paano nila mahuli si Jesus sa kaniyang
pananalita. 16Kaya isinugo nila kay Jesus ang kanilang mga
alagad kasama ang mga Herodiano* na nagsasabi, "Guro,
alam naming ikaw ay totoo at itinuturo mo ang daan ng Diyos
ayon sa katotohanan, at ikaw ay walang itinatanging sinuman
sapagkat ikaw ay hindi tumitingin sa panlabas na anyo ng
tao. 17Kaya sabihin mo sa amin, Ano sa iyong palagay?
Ipinahihintulot ba na magbigay ng buwis kay Cesar♦ o hindi?"

* **22:16** *Herodiano*: Ito ay isang samahan na tagapagtaguyod ng mga layuning pang pulitika.

18 Ngunit dahil sa alam ni Jesus ang kanilang kasamaan
ay kaniyang sinabi, "Mga mapagpaimbabaw, bakit ninyo
ako sinusubok? 19 Ipakita ninyo sa akin ang perang para sa
buwis."
Kaya dinala nila sa kaniya ang isang denaryo°.
20 At sinabi niya sa kanila, "Kaninong anyo at sulat ang
nakatatak dito?"
21 Sinabi nila sa kaniya, "Kay Cesar."
Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila, "Kaya ibigay ninyo
kay Cesar ang ukol kay Cesar at ibigay ninyo sa Diyos ang
ukol sa Diyos." 22 At sila ay namangha nang ito ay kanilang
narinig at iniwan nila si Jesus at sila ay umalis.

Ang Muling Pagkabuhay at ang Pag-aasawa

Mar 12:18-27; Luc 20:27-39

23 Sa araw na iyon ay pumunta sa kaniya ang mga Saduseo,
sila na nagsasabi na walang muling pagkabuhay, at sila ay
nagtanong sa kaniya 24 na sinasabi, "Guro, sinabi ni Moises,
'kapag ang sinumang lalaki ay mamatay na walang anak,
pakakasalan ng kaniyang nakababatang kapatid na lalaki ang
kaniyang asawang babae upang siya ay magka-anak para sa
kaniyang kapatid na lalaki.'

Deu 25:5

25 Ngunit sa amin, mayroong pitong magkakapatid na
lalaki at ang panganay ay namatay pagkatapos magpakasal.
At dahil siya ay walang anak, iniwan niya ang kaniyang
asawang babae sa kaniyang nakababatang kapatid na lalaki.
26 Gayundin ang nangyari sa pangalawa at sa pangatlo
hanggang sa pangpito. 27 At sa kahuli-hulihan ay namatay rin
ang babae. 28 Kung gayon, sa muling pagkabuhay, sino sa pito
ang magiging asawa niya? Sapagkat silang lahat ay naging
asawa niya."
29 Ngunit si Jesus ay sumagot at sinabi sa kanila, "Kayo
ay naliligaw dahil hindi ninyo alam ang Kasulatan♦, ni ang
kapangyarihan ng Diyos 30 sapagkat sa muling pagkabuhay,
sila ay hindi na nag-aasawa, ni ipinapakasal. Ngunit sila
ay katulad ng mga anghel ng Diyos sa langit. 31 Subalit
patungkol sa muling pagkabuhay ng mga patay, hindi ba
ninyo nabasa yaong sinabi sa inyo ng Diyos, na sinasabi,
32 'Ako ang Diyos ni Abraham at ang Diyos ni Isaac at ang
Diyos ni Jacob'?

Exo 3:6, 15

Ang Diyos ay hindi Diyos ng mga patay kundi ng mga
buhay." 33 Ngunit nang narinig ito ng napakaraming tao, sila
ay nanggilalas sa kaniyang katuruan.

22:21 Rom 13:7
22:22 Mar 12:12
22:23 Gaw 4:1; 23:8; 1Co 15:12
22:29 Jua 20:9
22:32 Gaw 7:32

Ang Dakilang Utos

Mar 12:18-27; Luc 20:27-39

34 Subalit nang narinig ng mga Fariseo na pinatahimik ni
Jesus ang mga Saduseo, sila ay nagtipun-tipon doon. **35** At
ang isa sa kanila na dalubhasa sa kautusan ay nagtanong na
sinusubok siya, na sinasabi, **36** "Guro, alin ang dakilang utos sa
Kautusan?"

37 At sinabi ni Jesus sa kaniya, " 'Iibigin mo ang Panginoon
mong Diyos nang buong puso mo at nang buong kaluluwa mo
at nang buong pag-iisip mo.'

Deu 6:5

38 Ito ang una at dakilang utos. **39** At ang pangalawa ay katulad
nito, 'Iibigin mo ang iyong kapwa katulad ng iyong sarili.'

Lev 19:18

40 Sa dalawang utos na ito ay nakasalalay ang buong Kautusan
at ang mga Propeta."

22:34 Gaw 4:1
22:35 Luc 7:30
22:40 Luc 10:25-28
22:44 Gaw 2:34-35; 1Co 15:25; Heb 1:13
22:46 Mar 12:34; Luc 20:40
23:4 Luc 11:46; Gaw 15:10; Gal 6:13

Kaninong Anak ang Cristo

Mar 12:35-37; Luc 20:41-44

41 At tinanong ni Jesus ang mga Fariseo habang sila ay
nagkakatipun-tipon, **42** na sinasabi, "Ano ang inyong palagay
patungkol kay Cristo? Kanino siyang anak?"

Sinabi nila sa kaniya, "Kay David."

43 Sinabi niya sa kanila, "Kung gayon, paano siya tinawag
ni David sa Espiritu, 'Panginoon,' na sinasabi, **44** 'Sinabi ng
Panginoon sa aking Panginoon, "Maupo ka sa aking bahaging
kanan hanggang sa mailagay ko ang iyong mga kaaway na
tuntungan ng iyong mga paa"'?

Awi 110:1

45 Yamang tinawag nga siya ni David, 'Panginoon,' paanong
siya ay naging kaniyang anak?" **46** At wala ni isang nakasagot sa
kaniya ng isang salita, ni wala nang sinumang naglakas-loob na
tanungin siya simula sa araw na iyon.

Mag-ingat sa mga Mapagpaimbabaw

Mar 12:38-40; Luc 20:45-47

23 Pagkatapos ay nagsalita si Jesus sa napakaraming tao at
sa kaniyang mga alagad, **2** na sinasabi, "Ang mga eskriba
at ang mga Fariseo ay nakaupo sa upuan ni Moises. **3** Kaya ang
lahat ng anumang kanilang sasabihin sa inyo upang sundin ay
sundin ninyo at gawin ninyo. Ngunit huwag ninyong gawin ang
ayon sa kanilang mga gawa sapagkat sila ay nagsasalita ngunit
hindi nila ginagawa **4** dahil sila ay nagtatali ng mga mabibigat
na pasanin na mahirap pasanin at ipinapapasan sa mga balikat
ng mga tao, ngunit hindi nila ninanais galawin ang mga ito

sa pamamagitan ng kanilang daliri. 5Subalit ang lahat ng
kanilang mga gawa ay kanilang ginagawa upang ipakita sa mga
tao. At kanilang pinapalapad ang kanilang mga pilakterya* at
pinapalaki ang mga laylayan ng kanilang mga damit. 6Ninanais
din nila ang pangunahing dako sa mga hapunan at ang mga
pangunahing upuan sa mga sinagoga♦ 7at ang mga pagbati
sa mga pamilihan at upang sila ay tawagin, 'Rabbi♦! Rabbi!'
8Ngunit huwag kayong magpatawag na 'Rabbi' sapagkat isa
ang inyong pinuno, si Cristo, at kayong lahat ay magkakapatid.
9At huwag ninyong tawaging ama ang sinuman sa lupa
sapagkat isa ang inyong Ama na nasa langit, 10ni huwag kayong
magpatawag na mga pinuno sapagkat isa ang inyong pinuno,
si Cristo. 11Ngunit ang higit na dakila sa inyo ay magiging
tagapaglingkod ninyo. 12At ang sinumang magtataas ng
kaniyang sarili ay ibababa at ang sinumang magpapakumbaba
ng kaniyang sarili ay itataas.

13"Ngunit sa inyong aba, mga eskriba at mga Fariseo, mga
mapagpaimbabaw! Dahil isinasara ninyo ang paghahari ng
langit laban sa mga tao sapagkat kayo ay hindi pumapasok
at hindi ninyo pinapahintulutan na pumasok yaong mga
pumapasok. 14Sa inyong aba, mga eskriba at mga Fariseo, mga
mapagpaimbabaw! Dahil nilalamon ninyo ang mga bahay ng
mga babaing balo at sa pagkukunwari ay nananalangin kayo
nang mahaba. Dahil dito, kayo ay tatanggap ng higit na mabigat
na kahatulan.

15"Sa inyong aba, mga eskriba at mga Fariseo, mga
mapagpaimbabaw! Dahil nililibot ninyo ang dagat at ang lupain
upang ang isa ay magbago ng paniniwala† at kapag siya ay
naging gayon, ginagawa ninyo siyang anak ng impiyerno nang
higit na makalawang ulit kaysa sa inyo.

16"Sa inyong aba, mga bulag na tagaakay! Kayo na
nagsasabi, 'Ang sinumang manumpa sa pamamagitan ng
banal na dako ng templo, ito ay walang kabuluhan. Ngunit ang
sinumang manumpa sa pamamagitan ng ginto ng banal na dako
ng templo, siya ay may pananagutan.' 17Mga mangmang at mga
bulag! Alin ba ang higit na dakila, ang ginto o ang banal na
dako ng templo na nagpapabanal sa ginto? 18At 'ang sinumang
manumpa sa pamamagitan ng dambana♦, ito ay walang
kabuluhan. Ngunit ang sinumang manumpa sa pamamagitan
ng kaloob na nasa dambana, siya ay may pananagutan.' 19Mga
mangmang at bulag! Alin ba ang higit na dakila, ang handog

23:6 Luc 11:43
23:7 Jua 1:38,49
23:11 Mar 9:35
23:12 Luc 1:52
23:13 Luc 11:52
23:15 Gaw 13:43

* **23:5** *pilakterya*: Maliliit na lalagyan na naglalaman ng mga papel kung saan isinusulat ng mga Judio ang Salita ng Diyos at itinatali nila ang mga ito sa kanilang bisig at nuo habang sila ay nananalangin.
† **23:15** *magbago ng paniniwala*: Ito ay ang mga taong kabilang sa paganong paniniwala na nahikayat sa Judaismo, ang paniniwala ng mga Judio.

o ang dambana na nagpapabanal sa handog? **20**Kaya siya na
sumusumpa sa pamamagitan ng dambana ay sumusumpa sa
pamamagitan nito at sa lahat ng mga bagay na naroroon. **21**At
siya na sumusumpa sa pamamagitan ng banal na dako ng
templo ay sumusumpa sa pamamagitan nito at sa pamamagitan
niya na naninirahan doon. **22**At siya na sumusumpa sa
pamamagitan ng langit ay sumusumpa sa pamamagitan ng
trono ng Diyos at sa pamamagitan niya na nakaupo roon.

23"Sa inyong aba, mga eskriba at mga Fariseo, mga
mapagpaimbabaw! Dahil kayo ay nagbibigay ng ikapu ng
menta*, ng anis at ng kumina†, ngunit pinababayaan ninyo ang
higit na mahalagang mga bagay ng Kautusan: ang paghukom
at ang kahabagan at pananampalataya. Ang mga ito ang dapat
ninyong gawin at huwag pabayaan ang iba. **24**Mga bulag na
tagaakay! Kayo ang sumasala ng niknik subalit nilulunok ninyo
ang kamelyo.

25"Sa inyong aba, mga eskriba at mga Fariseo, mga
mapagpaimbabaw! Dahil nililinis ninyo ang labas ng saro at
ng pinggan, ngunit sa loob, sila ay napupuno ng pangingikil at
kawalan ng pagpipigil sa sarili. **26**Bulag na Fariseo! Linisin mo
muna ang loob ng saro at ng pinggan upang maging malinis din
ang labas ng mga ito.

27"Sa inyong aba, mga eskriba at mga Fariseo, mga
mapagpaimbabaw! Dahil kayo ay katulad ng mga pinaputing
puntod na maganda ngang tingnan sa labas ngunit sa loob
ay puno ng mga buto ng mga patay at lahat ng karumihan.
28Gayundin kayo, sa labas kayo ay nagmumukha ngang
matuwid sa mga tao ngunit sa loob ay puno kayo ng
pagpapaimbabaw at hindi pagkilala sa kautusan.

29"Sa inyong aba, mga eskriba at mga Fariseo, mga
mapagpaimbabaw! Dahil itinatayo ninyo ang mga puntod ng
mga propeta at ginagayakan ninyo ang mga libingan ng mga
matuwid **30**at inyong sinasabi, 'Kung kami ay naroroon sa
panahon ng ating mga ama, hindi sana kami kasali sa kanila sa
dugo ng mga propeta.'

31"Kaya kayo ang nagpapatotoo sa inyong mga sarili na
kayo ay mga anak ng mga pumatay sa mga propeta. **32**Punuin
nga ninyo ang sukat ng inyong mga ama. **33**Mga ahas, mga
anak ng mga ulupong! Paano kayo makakatakas mula sa hatol
ng impiyerno? **34**Dahil dito, narito, isinusugo ko sa inyo ang
mga propeta, ang mga pantas na lalaki at ang mga eskriba.
At ang ilan sa kanila ay inyong papatayin at inyong ipapako

23:23 Luc 11:42
23:25 Mar 7:4; Luc 11:39
23:27 Luc 11:44; Gaw 23:3
23:29 Luc 11:47-48
23:32 1Te 2:16
23:34 Luc 11:49

* **23:23** *menta*: Luntiang dahong mabango.
† **23:23** *kumin*: Isang halaman na may maliliit na butong maanghang at ginagamit na pampalasa.

sa krus, at ang ilan sa kanila ay inyong hahagupitin sa inyong
mga sinagoga at pagmamalupitan sa bawat lungsod, 35upang
dumating sa inyo ang lahat ng matuwid na dugo na nabuhos sa
lupa: simula sa dugo ni Abel na matuwid hanggang sa dugo ni
Zacarias, na anak ni Baraquias, na inyong pinatay sa pagitan
ng banal na dako ng templo at ng dambana. 36Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, ang lahat ng mga bagay na ito ay darating
sa lahing ito.

37"Jerusalem! Jerusalem! Ikaw na pumapatay sa mga propeta
at bumabato sa mga isinugo sa iyo. Gaano kadalas kong ninais
na tipunin ang iyong mga anak kung paano tinitipon ng inahing
manok ang kaniyang mga sisiw sa ilalim ng kaniyang pakpak,
ngunit ayaw ninyo? 38Narito, wasak na iniwanan sa iyo ang
iyong bahay 39sapagkat sinasabi ko sa iyo na ako ay hinding-
hindi ninyo makikita mula ngayon, hanggang sa sabihin mo,
'Pinagpala siya na dumarating sa pangalan ng Panginoon.' "

Awi 118:26

Mga Tanda ng Huling Kapanahunan

Mar 13:1-37; Luc 21:5-38

24 At nang si Jesus ay lumabas at umalis mula sa templo,
ang kaniyang mga alagad ay lumapit upang ipakita
sa kaniya ang mga gusali ng templo. 2Ngunit sinabi ni Jesus
sa kanila, "Hindi ba ninyo nakikita ang lahat ng mga ito?
Katotohanang sinasabi ko sa inyo na walang maiiwanan dito
kahit isang bato sa ibabaw ng bato na hindi babagsak."

3At habang siya ay nakaupo sa bundok ng mga Olibo, ang
kaniyang mga alagad ay lumapit sa kaniya nang bukod, na
sinasabi, "Sabihin mo sa amin, kailan mangyayari ang mga
bagay na ito? At ano ang tanda ng iyong pagdating at katapusan
ng kapanahunang ito?"

4At sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, "Mag-ingat kayo,
na hindi kayo mailigaw ng sinuman 5sapagkat marami ang
darating sa aking pangalan na nagsasabi, 'Ako ang Cristo'
at ililigaw nila ang marami. 6At magsisimula na kayong
makarinig ng mga digmaan at ng mga balita ng mga digmaan.
Masdan ninyo, huwag kayong mangamba sapagkat ang mga
bagay na ito ay kinakailangang mangyari ngunit hindi pa
ito ang wakas 7sapagkat babangon ang isang bansa laban sa
isang bansa at ang isang kaharian laban sa isang kaharian. At
magkakaroon ng mga taggutom at mga salot at mga lindol sa
iba't ibang lugar. 8Ngunit ang lahat ng mga ito ay simula ng
mga paghihirap.

9"Sa panahong iyon ay dadalhin nila kayo sa paghihirap
at papatayin nila kayo at kasusuklaman kayo ng lahat ng mga

23:35 Heb 11:4
23:36 Luc 11:50-51
24:2 Luc 19:44
24:3 Luc 17:30
24:4 Mar 13:5
24:5 1Jn 2:18
24:7 Gaw 11:28
24:9 Jua 15:21; 16:2

bansa dahil sa aking pangalan. **10**At pagkatapos ay marami ang
matitisod at ipagkakanulo nila ang isa't isa at kasusuklaman
nila ang isa't isa. **11**At maraming bulaang propeta ang lilitaw
at ililigaw ang marami. **12**At dahil sa paglaganap ng hindi
pagkilala sa kautusan, ang pag-ibig ng marami ay manlalamig.
13Ngunit siya na nagtiis hanggang sa wakas, siya ang
maliligtas. **14**At itong ebanghelyo ng paghahari ng Diyos ay
maipapahayag sa buong sanlibutan bilang patotoo♦ sa lahat ng
mga bansa at pagkatapos nito ay darating ang wakas.

15"Kaya kapag makita ninyo ang 'kasuklam-suklam na
kapanglawan'

Dan 9:27

na nakatayo sa banal na dako na sinabi ni propeta Daniel," (siya
na nagbabasa, unawain niya ito), **16**"sa panahong iyon, sila na
nasa Judea ay hayaang tumakas patungo sa kabundukan. **17**Siya
na nasa bubungan ay huwag nang bumaba upang kumuha ng
anuman mula sa kaniyang bahay. **18**At siya na nasa bukid ay
huwag nang hayaang bumalik upang kumuha ng kaniyang mga
damit. **19**At sa aba nila na mga nagdadalang-tao at sa kanila na
mga nagpapasuso sa mga araw na iyon. **20**Ngunit manalangin
kayo na ang inyong pagtakas ay huwag mangyari sa taglamig o
sa araw ng Sabat **21**sapagkat sa panahong iyon ay magkakaroon
ng matinding paghihirap na hindi pa nangyari mula sa simula
ng sanlibutan hanggang sa ngayon, hinding-hindi pa nangyari.
22At kung hindi paikliin ang mga araw na iyon, walang
sinumang tao ang maliligtas. Ngunit alang-alang sa mga pinili,
paiikliin ang mga araw na iyon.

24:11 Mar 13:5
24:14 Luc 2:1; Gaw 11:28; Rom 10:18; Pah 3:10
24:15 Gaw 6:13
24:17 Luc 12:3; Gaw 10:9
24:19 Luc 23:29
24:23 Luc 17:23
24:24 2Te 2:9-11; Pah 13:13
24:27 Luc 17:24,30
24:28 Luc 17:37
24:29 Pah 6:12-13

Ang Pagdating ng Anak ng Tao

23"Kaya kung ang sinuman ay magsabi sa inyo, 'Narito, ang
Cristo ay naririto' o 'Nandito,' huwag ninyo itong paniwalaan
24sapagkat may lilitaw na mga bulaang cristo at mga bulaang
propeta at sila ay magpapakita ng mga dakilang tanda at mga
makapangyarihang gawa upang iligaw kahit ang mga pinili
kung maaari. **25**Narito, ipinagpauna ko na itong sabihin sa inyo.

26"Kaya kapag sinabi nila sa inyo, 'Narito, siya ay nasa ilang
na dako,' huwag kayong pupunta, 'Narito, siya ay nasa silid,'
huwag ninyo itong paniwalaan, **27**sapagkat kung paanong ang
kidlat ay lumalabas mula sa silangan at nagliliwanag hanggang
sa kanluran, magiging gayundin naman ang pagdating ng
Anak ng Tao **28**dahil kahit saan, kapag naroroon ang patay na
katawan ay nagtitipon doon ang mga buwitre.

29"At kaagad, pagkatapos ng matinding paghihirap sa mga
araw na iyon, ang araw ay magdidilim at ang buwan ay hindi
magbibigay ng kaniyang liwanag at ang mga bituin ay babagsak

mula sa langit at ang mga kapangyarihan ng kalangitan ay
mayayanig. 30 At pagkatapos nito ay makikita ang tanda ng
Anak ng Tao sa langit at pagkatapos ay mananaghoy ang lahat
ng mga lipi ng daigdig at makikita nila ang Anak ng Tao na
dumarating sa mga ulap ng langit na may kapangyarihan at
dakilang kaluwalhatian. 31 At susuguin niya ang kaniyang mga
anghel na may trumpetang may malakas na tunog at kanilang
titipunin ang kaniyang mga pinili mula sa apat na mga hangin,
mula sa mga hangganan ng kalangitan hanggang sa mga
hangganan nila.

32 "Ngunit unawain ninyo ang talinghaga mula sa puno ng
igos. Kapag ang sanga nito ay naging sariwa na at lumalabas
ang mga dahon, nalalaman ninyo na malapit na ang tag-init.
33 Gayundin naman kayo, kapag nakita ninyo ang mga bagay na
ito, nalalaman ninyo na siya ay malapit na, siya ay nasa pintuan
na. 34 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, hinding-hindi lilipas
ang lahing ito hanggang sa mangyari ang lahat ng mga bagay
na ito. 35 Ang langit at ang lupa ay lilipas subalit ang aking mga
salita ay hinding-hindi lilipas.

Walang Nakakaalam sa Araw at sa Oras

36 "Ngunit patungkol sa araw at sa oras na iyon ay walang
sinumang nakakaalam kahit ang mga anghel sa kalangitan
kundi ang aking Ama lamang. 37 Subalit katulad sa mga araw
ni Noe ay gayundin ang pagdating ng Anak ng Tao 38 sapagkat
katulad ng mga araw bago ang baha, sila ay kumakain at
umiinom, sila ay nag-aasawa at ipinapakasal hanggang sa
araw na pumasok si Noe sa daong 39 at hindi nila ito nalaman
hanggang sa dumating ang baha at tinangay silang lahat.
Gayundin ang mangyayari sa pagdating ng Anak ng Tao. 40 Sa
oras na iyon ay dalawa ang nasa bukid, ang isa ay makukuha
at ang isa ay maiiwan. 41 Dalawang babae ang naggigiling sa
gilingang-bato, ang isa ay makukuha at ang isa ay maiiwan.
42 Kaya magbantay kayo sapagkat hindi ninyo alam kung anong
oras darating ang inyong Panginoon. 43 Ngunit nalalaman
ninyo ito, na kung nalaman ng may-ari ng sambahayan ang
oras ng pagbabantay ng pagdating ng magnanakaw, siya sana
ay nagbantay at hindi niya sana pinabayaang mapasok ang
kaniyang bahay. 44 Kaya maging handa rin kayo sapagkat ang
Anak ng Tao ay darating sa oras na hindi ninyo inaakala.

45 "Kung gayon, sino ang matapat at matalinong alipin
na pinagkatiwalaan ng kaniyang panginoon sa kaniyang
sambahayan upang magbigay sa kanila ng pagkain sa takdang
panahon? 46 Pinagpala ang aliping iyon, na sa pagdating ng
kaniyang panginoon ay matatagpuang gumagawa nang gayon.

24:30 Pah 1:7
24:31 1Te 4:16; Pah 8:2
24:33 San 5:9
24:36 Gaw 1:7
24:38 Luc 17:27
24:39 Luc 17:30
24:40 Luc 17:34
24:41 Luc 17:35
24:42 Luc 12:40
24:43 Luc 12:39
24:44 1Te 5:6
24:46 Pah 16:15

47 Katotohanang sinasabi ko sa inyo na siya ay kaniyang
pamamahalain sa lahat ng kaniyang mga tinatangkilik.
48 Ngunit kapag sasabihin ng masamang aliping iyon sa
kaniyang puso, 'Ipinagpapaliban ng aking panginoon ang
kaniyang pagdating,' 49 at sisimulan niyang paluin ang
kaniyang mga kapwa alipin, at kakain at iinom kasama ng
mga manginginom, 50 ang panginoon ng aliping iyon ay
darating sa araw na hindi niya inaasahan at sa oras na hindi
niya nalalaman. 51 At siya ay hahatiin at ang kaniyang bahagi
ay itatalaga kasama ng mga mapagpaimbabaw. Doon ay
magkakaroon ng pananangis at pagngangalit ng mga ngipin.

Ang Talinghaga ng Sampung Dalaga

25 "Kaya ang paghahari ng langit ay maihahalintulad
sa sampung dalagang birhen. Nang nakuha nila ang
kanilang mga ilawan, sila ay lumabas upang salubungin ang
lalaking ikakasal. 2 Ang lima sa kanila ay matatalino at ang
lima ay mga mangmang. 3 Nang nakuha ng mga mangmang
ang kanilang mga ilawan, sila ay hindi nagdala ng kanilang
langis. 4 Ngunit ang matatalino ay nagdala ng langis sa kanilang
lalagyan kasama ng kanilang mga ilawan. 5 Habang nagtatagal
ang lalaking ikakasal, silang lahat ay inantok at nakatulog.

24:49 Luc 21:34
25:1 Luc 12:35-38; Gaw 20:8; Pah 4:5
25:5 1Te 5:6
25:8 Luc 12:35
25:10 Pah 19:9
25:13 Mar 13:35; Luc 12:40
25:14 Luc 19:12

6 "Ngunit sa kalagitnaan ng gabi ay nagkaroon ng sigaw,
'Narito, ang lalaking ikakasal ay dumarating! Lumabas kayo
upang salubungin siya.' 7 Kaya bumangon ang lahat ng mga
dalagang birheng iyon at inayos ang kanilang mga ilawan.
8 At sinabi ng mga mangmang sa matatalino, 'Bigyan ninyo
kami ng inyong langis sapagkat namamatay na ang aming
mga ilawan.' 9 Ngunit ang matatalino ay sumagot na nagsasabi,
'Hindi maaari. Baka hindi ito maging sapat para sa inyo at sa
amin. Kaya pumunta na lang kayo sa mga nagtitinda at bumili
kayo para sa inyong sarili.' 10 Ngunit nang sila ay nakaalis
upang bumili, ang lalaking ikakasal ay dumating at silang mga
nakahanda ay pumasok na kasama niya sa piging ng kasalan at
isinara ang pinto.

11 "At pagkatapos ay dumating din ang ibang mga dalagang
birhen na nagsasabi, 'Panginoon, Panginoon, pagbuksan mo
kami.' 12 Ngunit sumagot siya at sinabi, 'Katotohanang sinasabi
ko sa inyo, hindi ko kayo kilala.'

13 "Kaya magbantay kayo sapagkat hindi ninyo alam ang
araw, ni ang oras kung kailan darating ang Anak ng Tao.

Ang Talinghaga ng Talento

14 "Ito ay katulad din ng isang lalaki na yamang siya ay
naglalakbay patungo sa malayong lugar, tinawag niya ang

kaniyang mga alipin at ipinagkatiwala sa kanila ang kaniyang
mga ari-arian. 15 Ibinigay niya sa isa ang limang talento°,
at sa isa ay dalawang talento at sa isa ay isang talento ayon
sa kakayahan ng bawat isa. At kaagad siyang naglakbay
patungo sa malayong lugar. 16 Siya na tumanggap ng limang
talento ay umalis at ikinalakal niya ang mga ito at tumubo
ng lima pang talento. 17 Gayundin yaong may dalawa, siya
rin ay tumubo ng dalawa pa. 18 Ngunit siya na tumanggap
ng isa ay umalis at naghukay sa lupa at itinago ang salapi ng
kaniyang panginoon. 19 At pagkatapos ng mahabang panahon,
ang panginoon ng mga aliping iyon ay dumating at sila ay
nagbigay-sulit sa kaniya.

20 "At nang lumapit yaong nakatanggap ng limang talento,
dinala niya ang lima pang talento, na sinasabi, 'Panginoon,
ipinagkatiwala mo sa akin ang limang talento. Narito, ako
ay tumubo ng lima pang talento.' 21 At sinabi ng kaniyang
panginoon sa kaniya, 'Mahusay, aliping mabuti at matapat!
Ikaw ay naging matapat sa kakaunting bagay, pamamahalain
kita sa maraming mga bagay. Pumasok ka sa kagalakan ng
iyong panginoon.' 22 At lumapit din yaong tumanggap ng
dalawang talento, na sinasabi, 'Panginoon, ipinagkatiwala
mo sa akin ang dalawang talento. Narito, ako ay tumubo ng
dalawa pang talento.' 23 At sinabi ng kaniyang panginoon
sa kaniya, 'Mahusay, aliping mabuti at matapat! Ikaw ay
naging matapat sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa
maraming mga bagay. Pumasok ka sa kagalakan ng iyong
panginoon.'

24 "At lumapit din yaong tumanggap ng isang talento at
sinabi, 'Panginoon, alam ko na ikaw ay isang malupit na tao
na umaani sa hindi mo inihasik at nag-iipon sa hindi mo
ikinalat. 25 At dahil sa takot, ako ay umalis at itinago sa lupa
ang iyong talento. Narito, kunin mo ang sa iyo.'

26 "Ngunit sumagot ang kaniyang panginoon at sinabi
sa kaniya, 'Aliping masama at tamad! Alam mo na ako
ay umaani sa hindi ko hinasikan at nag-iipon sa hindi ko
kinalatan. 27 Dapat nga ay dinala mo ang aking salapi sa mga
mamamalit-salapi at sa aking pagdating ay tatanggapin ko
ang anumang sa akin na may tubo. 28 Kunin nga sa kaniya
ang talento at ibigay sa kaniya na may sampung talento.

29 " 'Sapagkat ang bawat isang nagtataglay ay mabibigyan
at siya ay mananagana. Ngunit siya na hindi nagtataglay,
maging ang kaniyang tinataglay ay kukunin mula sa kaniya.
30 At ang walang pakinabang na alipin ay itapon ninyo
sa kadiliman na nasa labas. Doon ay magkakaroon ng
pananangis at pagngangalit ng mga ngipin.'

25:21 Luc 16:10
25:29 Mar 4:25; Luc 8:18

Ang mga Tupa at ang mga Kambing

31 "At kapag ang Anak ng Tao ay darating sa kaniyang
kaluwalhatian at ang lahat ng mga banal na anghel ay kasama
niya, sa panahong iyon siya ay uupo sa trono ng kaniyang
kaluwalhatian. 32 At titipunin ang lahat ng mga bansa sa
kaniyang harapan at ihihiwalay niya sila sa isa't isa katulad ng
pastol na inihihiwalay ang mga tupa mula sa mga kambing.
33 At ilalagay nga niya ang mga tupa sa kaniyang bahaging
kanan, ngunit ang mga kambing ay sa bahaging kaliwa.
34 Pagkatapos ay sasabihin ng hari sa kanila na nasa kaniyang
bahaging kanan, 'Halikayo, kayong mga pinagpala ng aking
Ama. Manahin ninyo ang kahariang inihanda sa inyo mula
pa sa pagkatatag ng sanlibutan 35 sapagkat ako ay nagutom
ngunit binigyan ninyo ako ng makakain. Ako ay nauhaw ngunit
binigyan ninyo ako ng maiinom. Ako ay naging dayuhan
ngunit ako ay inyong pinatuloy. 36 Ako ay naging hubad
ngunit ako ay dinamtan ninyo. Ako ay nagkasakit ngunit ako
ay inyong dinalaw. Ako ay nabilanggo ngunit ako ay inyong
pinuntahan.'

37 "Sa oras na iyon ay sasagot ang mga matuwid sa kaniya
na sinasabi, 'Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom
at pinakain ka namin, o nauuhaw at binigyan ka namin ng
maiinom? 38 At kailan ka namin nakitang naging dayuhan at
pinatuloy ka namin, o naging hubad at dinamitan ka namin?
39 Kailan ka namin nakitang nagkasakit o nabilanggo at kami
ay pumunta sa iyo?' 40 Sa pagsagot ng hari ay sasabihin niya
sa kanila, 'Katotohanang sinasabi ko sa inyo, yamang ito ay
ginawa ninyo sa isa sa pinakamaliit sa mga kapatid ko, ito ay
ginawa ninyo sa akin.'

41 "Pagkatapos ay sasabihin din niya sa kanila na nasa
bahaging kaliwa, 'Lumayo kayo sa akin, kayong mga isinumpa
patungo sa apoy na walang hanggan na inihanda para sa
diyablo at sa kaniyang mga anghel 42 sapagkat ako ay nagutom
ngunit ako ay hindi ninyo binigyan ng makakain. Ako ay
nauhaw ngunit ako ay hindi ninyo binigyan ng maiinom. 43 Ako
ay naging dayuhan ngunit ako ay hindi ninyo pinatuloy. Ako
ay naging hubad ngunit ako ay hindi ninyo dinamtan. Ako ay
nagkasakit at nabilanggo ngunit ako ay hindi ninyo dinalaw.'

44 "Sa oras na iyon ay sasagot din sila sa kaniya na sinasabi,
'Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, o nauhaw, o
naging dayuhan, o naging hubad, o nagkasakit, o nabilanggo at
hindi kami naglingkod sa iyo?' 45 Kaya siya ay sasagot sa kanila
na sinasabi, 'Katotohanang sinasabi ko sa inyo, yamang ito ay
hindi ninyo ginawa para sa isa sa mga pinakamaliit na ito, ito
ay hindi ninyo ginawa sa akin.' 46 At ang mga ito ay pupunta

25:31 Luc 17:30
25:34 Gaw 20:32; 1Co 15:50; Gal 5:21; Heb 4:3; San 2:5; Pah 13:8
25:35 Heb 13:2
25:36 2Ti 1:16; San 1:27; 2:15-16
25:40 Heb 13:2
25:41 Mar 9:43; Luc 3:17; 2Pe 2:4; Jud 1:7
25:46 Jua 3:15-16, 36; Gaw 24:15; Rom 2:7; Gal 6:8; 1Jn 1:2

sa kaparusahang walang hanggan, ngunit ang mga matuwid ay patungo sa buhay na walang hanggan."

Nagbalak Sila ng Masama Laban kay Jesus

Mar 14:1-2; Luc 22:1-2

26 At nangyari, nang natapos na ni Jesus ang lahat ng mga pananalitang ito, sinabi niya sa kaniyang mga alagad, **2**"Alam na ninyo na pagkalipas ng dalawang araw ay magaganap ang Paglagpas♦ at ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo upang ipako sa krus."

3Sa oras na iyon ay nagtipun-tipon ang mga punong saserdote at ang mga eskriba at ang matatanda ng bayan sa bulwagan ng pinakapunong saserdote♦, siya na tinatawag na Caifas. **4**At sila ay nagsanggunian upang si Jesus ay kanilang madakip sa pamamagitan ng paglinlang upang siya ay ipapatay. **5**Ngunit sinabi nila, "Huwag sa kapistahan upang hindi magkaroon ng kaguluhan sa mga tao."

Binuhusan ng Pabango ang Ulo ni Jesus

Mar 14:3-9; Jua 12:1-8

6At nang dumating si Jesus sa Betania sa bahay ni Simon na ketongin, **7**may isang babaing lumapit sa kaniya na may dala-dalang sisidlang alabastro♦ na may mamahaling pamahid. At ito ay ibinuhos niya sa ulo ni Jesus habang siya ay nakadulog sa hapag. **8**Ngunit nang nakita ito ng kaniyang mga alagad, sila ay lubhang nagalit na sinasabi, "Para sa ano ang pag-aaksayang ito? **9**Sapagkat ang pamahid na ito ay maaring ipagbili sa malaking halaga at maipamigay sa mga dukha."

10Subalit dahil alam ito ni Jesus, sinabi niya sa kanila, "Bakit ninyo binibigyan ng kabalisan ang babae? Sapagkat siya ay gumawa ng mabuting gawa para sa akin **11**dahil ang mga dukha ay palagi ninyong nakakasama ngunit ako ay hindi ninyo palaging nakakasama. **12**Ang pagbuhos niya ng pamahid na ito sa aking katawan ay ginawa niya para sa paglibing sa akin. **13**Katotohanang sinasabi ko sa inyo, saanman sa buong sanlibutan ipapangaral ang ebanghelyong ito, ang ginawa ng babaing ito ay isasalaysay din bilang pag-alaala sa kaniya."

Nakipagkasundo si Judas sa Pagkakanulo kay Jesus

Mar 14:10-11; Luc 22:3-6

14Nang magkagayon, ang isa sa labindalawang alagad na tinatawag na Judas na taga-Keriot ay pumunta sa mga punong saserdote, **15**at sinabi, "Ano ang ninanais ninyong ibigay sa akin upang siya ay aking ipagkanulo sa inyo?" At sila ay nagtakda sa kaniya ng tatlumpung pirasong pilak°. **16**At mula

26:2 Jua 11:55
26:3 Luc 3:2; Jua 11:47-50; Gaw 4:6
26:12 Jua 19:40

sa oras na iyon ay naghanap siya ng pagkakataon upang ipagkanulo si Jesus.

Ang Huling Hapunan

Mar 14:12-26; Luc 22:7-23; 1Co 11:23-26

17 Sa simula ng kapistahan ng Tinapay na Walang Pampaalsa, ang mga alagad ay pumunta kay Jesus na sinasabi, "Saan mo ninanais na kami ay maghanda para sa iyo upang kumain sa Paglagpas?"

18 At sinabi niya, "Pumunta kayo sa isang lalaki na nasa lungsod at sabihin ninyo sa kaniya, 'Ang Guro ay nagsabi, "Ang aking nakatakdang oras ay malapit na. Gaganapin ko ang Paglagpas, kasama ang aking mga alagad, sa inyo." ' "

19 Kaya ginawa ng mga alagad ang ayon sa iniutos ni Jesus sa kanila at inihanda nila ang Paglagpas.

20 Nang nagtakipsilim na, si Jesus ay dumulog sa hapag kasama ang labindalawa. **21** At habang sila ay kumakain, sinabi niya sa kanila, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo na isa sa inyo ang magkakanulo sa akin."

22 At sila ay labis na namighati at ang bawat isa sa kanila ay nagsimulang magsabi sa kaniya, "Panginoon ako ba?" **23** Siya ay sumagot at sinabi, "Siya na magsawsaw ng kamay sa mangkok kasabay ko, siya ang magkakanulo sa akin. **24** Ang Anak ng Tao nga ay humahayo ayon sa nakasulat patungkol sa kaniya. Ngunit sa aba ng taong iyon na sa pamamagitan niya ay ipinagkakanulo ang Anak ng Tao. Mabuti pa sa taong iyon kung hindi na siya ipinanganak."

25 At sumagot si Judas, siya na nagkakanulo kay Jesus, "Rabbi, ako ba?"

Sinabi niya sa kaniya, "Ikaw ang nagsabi."

26 At habang sila ay kumakain, kinuha ni Jesus ang tinapay, pinagpala niya ito at pinagputul-putol at ibinigay sa kaniyang mga alagad. At sinabi niya, "Kunin ninyo at kainin ninyo, ito ang aking katawan."

27 At kinuha niya ang saro at nagpasalamat at ibinigay niya ito sa kanila na sinasabi, "Uminom kayong lahat **28** sapagkat ito ang aking dugo ng bagong tipan♦ na nabubuhos para sa kapatawaran ng mga kasalanan ng marami. **29** Ngunit sinasabi ko sa inyo na hinding-hindi ako iinom ng katas ng ubas na ito mula ngayon hanggang sa araw na mainom ko itong panibago na kasama kayo sa kaharian ng aking Ama."

30 At pagkaawit nila ng isang himno, sila ay umalis patungo sa bundok ng mga Olibo.

26:18 Mar 14:35, 41; Jua 7:6,8
26:21 Luc 22:21-23; Jua 13:21
26:23 Jua 13:18
26:24 Mar 9:12; Luc 24:25-27; Gaw 17:2-3; 1Pe 1:10-11
26:27 1Co 10:16
26:28 Mar 1:4; Heb 9:20
26:29 Gaw 10:41

Sinabi ni Jesus ang Pagkakaila ni Pedro

Mar 14:27-31; Luc 22:31-34; Jua 13:36-38

31 Nang magkagayon ay sinabi ni Jesus sa kanila, “Kayong
lahat ay matitisod dahil sa akin sa gabing ito sapagkat
nasusulat, ‘Sasaktan ko ang pastol at ang mga tupa ng kawan ay
mangangalat.’

Zak 13:7

32 Ngunit pagkatapos na ako ay ibangon, ako ay mauuna sa inyo
sa Galilea.”

33 Sumagot si Pedro at sinabi sa kaniya, “Kung ang lahat ay
matitisod dahil sa iyo, kailanman ay hindi ako matitisod.”

34 Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Katotohanang sinasabi ko sa
iyo, na sa gabing ito, bago tumilaok ang tandang ay tatlong ulit
mo akong ipagkakaila.”

35 Sinabi ni Pedro sa kaniya, “Bagaman kailanganing ako ay
mamatay na kasama mo, hinding-hindi kita ipagkakaila.”

Gayundin ang sinabi ng lahat ng mga alagad.

Nanalangin si Jesus sa Bundok ng mga Olibo

Mar 14:32-42; Luc 22:39-46; Jua 18:1

36 Pagkatapos ay pumunta si Jesus kasama sila sa isang
lupaing tinatawag na Getsemane at sinabi niya sa mga alagad,
“Umupo kayo rito habang ako ay pupunta sa dako roon upang
manalangin.” **37** At kaniyang isinama si Pedro at ang dalawang
anak ni Zebedeo at nagsimula siyang malungkot nang labis at
malumbay nang lubos. **38** Kaya sinabi niya sa kanila, “Ang aking
kaluluwa ay lubhang nagdadalamhati hanggang sa kamatayan.
Manatili kayo rito at magbantay na kasama ko.”

39 At siya ay pumunta sa di-kalayuan at siya ay nagpatirapa
sa kaniyang mukha at nanalangin na sinasabi, “Aking Ama,
kung maaari ay hayaan mong lumampas sa akin ang sarong ito,
gayunpaman, hindi ang ayon sa aking ninanais kundi ang sa
iyo.”

40 At siya ay pumunta sa mga alagad at sila ay natagpuan
niyang natutulog at sinabi niya kay Pedro, “Hindi ba ninyo
kayang magbantay ng isang oras na kasama ko? **41** Magbantay
kayo at manalangin upang hindi kayo pumasok sa tukso. Ang
espiritu nga ay nagnanais ngunit ang laman ay mahina.”

42 Sa pangalawang pagkakataon ay muli siyang umalis at
nanalangin na sinasabi, “Aking Ama, kung hindi maaaring
lumampas sa akin ang sarong ito maliban na ito ay aking
inumin, mangyari ang iyong kalooban.” **43** At sa kaniyang
pagbalik ay natagpuan niya sila na muling natutulog sapagkat
ang kanilang mga mata ay bumigat na.

44 At sila ay kaniyang iniwan at muling umalis at nanalangin

26:31 Jua 16:32
26:34 Jua 13:38
26:35 Jua 13:37
26:38 Jua 12:27
26:39 Jua 4:34

sa ikatlong pagkakataon na sinabi ang gayunding pananalita.
45 Pagkatapos ay pumunta siya sa kaniyang mga alagad at
sinabi sa kanila, "Magsitulog kayo at saka magpahinga, narito,
malapit na ang oras at ang Anak ng Tao ay ipinagkakanulo na
sa mga kamay ng mga makasalanan. 46 Bumangon na kayo, aalis
na tayo. Narito, siya na nagkakanulo sa akin ay malapit na."

Dinakip Nila si Jesus

Mar 14:43-51; Luc 22:47-53; Jua 18:2-12

47 At habang siya ay nagsasalita pa, narito, si Judas na
isa sa labindalawa ay dumating at kasama niya ang lubhang
napakaraming tao mula sa mga punong saserdote at matatanda
ng bayan na may mga tabak at mga pamalo.

48 Ngunit siya na nagkakanulo kay Jesus ay nagbigay sa
kanila ng isang tanda, na sinasabi, "Ang sinumang hahalikan
ko, siya iyon. Dakpin ninyo siya." 49 At siya ay lumapit kaagad
kay Jesus at sinabi, "Pagbati, Rabbi!" At magiliw niyang
hinalikan si Jesus.

50 Ngunit sinabi ni Jesus sa kaniya, "Kaibigan, ano ang
dahilan ng iyong pagparito?"

26:51 Luc 22:36, 38; Jua 18:10
26:52 Pah 13:10
26:55 Mar 12:35; Luc 21:37; Jua 7:14,28

Sa oras na iyon, sila ay lumapit at hinawakan si Jesus at
dinakip siya. 51 At narito, iniunat ang kamay ng isa sa mga
kasama ni Jesus at binunot ang kaniyang tabak at tinaga ang
alipin ng pinakapunong saserdote at pinutol ang kaniyang
tainga.

52 Sinabi nga ni Jesus sa kaniya, "Ibalik mo ang iyong
tabak sa lalagyan nito sapagkat ang lahat ng sinumang
gumagamit ng tabak ay mamamatay sa pamamagitan ng tabak.
53 Ipinapalagay mo bang hindi ko magagawa na manalangin
ngayon sa aking Ama at siya ay magpapadala sa akin ng higit
pa sa labindalawang lehiyon♦ ng mga anghel? 54 Ngunit paano
matutupad ang mga Kasulatan♦ na dapat mangyari sa ganitong
paraan?"

55 Sa oras ding iyon ay sinabi ni Jesus sa napakaraming tao,
"Kayo ba ay pumarito na may mga tabak at mga pamalo upang
hulihin ako na parang laban sa isang tulisan? Araw-araw akong
umuupo at nagtuturo sa harap ninyo sa templo ngunit hindi
ninyo ako dinakip. 56 Ngunit ang lahat ng ito ay nangyari upang
matupad ang mga Kasulatan ng mga propeta."

Iniwan nga siya ng lahat ng mga alagad at tumakas.

Si Jesus sa Harap ng Sanhedrin

Mar 14:53-65; Luc 22:54, 63-65; Jua 18:12-14, 19-24

57 Dinala si Jesus ng mga dumakip sa kaniya kay Caifas na
pinakapunong saserdote kung saan nagkatipon ang mga eskriba

at ang matatanda. 58Ngunit si Pedro ay sumunod sa kaniya
mula sa malayo hanggang sa bulwagan ng pinakapunong
saserdote. At siya ay pumasok at naupong kasama ng mga
opisyal upang makita ang magaganap.
59Subalit ang mga punong saserdote at ang matatanda at
ang buong Sanhedrin ay naghanap ng huwad na saksi laban
kay Jesus upang siya ay kanilang maipapatay, 60ngunit sila
ay walang natagpuan. At bagaman maraming huwad na saksi
ang lumapit, sila ay walang nasumpungan. Ngunit sa huli ay
lumapit ang dalawang huwad na saksi 61at nagsabi, "Sinabi ng
lalaking ito, 'Kaya kong wasakin ang banal na dako ng templo
ng Diyos at ito ay itatayo ko sa loob ng tatlong araw.' "
62Kaya tumayo ang pinakapunong saserdote at sinabi
sa kaniya, "Wala ka bang isasagot? Ano ang mga ito na
ipinaparatang laban sa iyo?" 63Ngunit si Jesus ay nanahimik.
At sumagot ang pinakapunong saserdote at sinabi sa kaniya,
"Inuutusan kita sa pamamagitan ng Diyos na buhay na sabihin
mo sa amin kung ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos?"
64Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ikaw ang nagsabi. Gayunpaman
ay sinasabi ko sa iyo, mula ngayon ay makikita mo ang Anak
ng Tao na nakaupo sa bahaging kanan ng Makapangyarihan at
dumarating na nasa mga ulap ng langit."

Nilibak ng mga Kawal si Jesus

65Kaya pinunit ng pinakapunong saserdote ang kaniyang
damit, na sinasabi, "Siya ay naglapastangan. Ano pang mga
patotoo ang kailangan natin? Narito, ngayon ay narinig ninyo
ang kaniyang paglapastangan. 66Ano ang sa palagay ninyo?"
Sila ay sumagot at sinabi, "Siya ay nararapat sa kamatayan!"
67Pagkatapos ay kanilang dinuraan sa mukha si Jesus at siya
ay kanilang sinuntok, at siya ay sinampal ng iba, 68na sinasabi,
"Ihayag mo sa amin, Cristo! Sino ang sumuntok sa iyo?"

Ipinagkaila ni Pedro si Jesus

Mar 14:66-72; Luc 22:54-62; Jua 18:15-18, 25-27

69Si Pedro ay nakaupo sa labas ng bulwagan at lumapit sa
kaniya ang isang utusang babae na nagsasabi, "Ikaw ay kasama
rin ni Jesus na taga-Galilea."
70Subalit siya ay nagkaila sa harapan ng lahat na sinasabi,
"Hindi ko alam ang sinasabi mo."
71At nang siya ay lumabas patungo sa tarangkahan, siya ay
nakilala ng isa pang utusang babae at sinabi niya sa kanila na
naroroon, "Ang lalaki ring ito ay kasama ni Jesus na taga-Nazaret."
72At siya ay muling nagkaila na may panunumpa, "Hindi ko
kilala ang lalaking iyon."

26:58
Mar 14:66;
Luc 11:21;
22:55;
Jua 18:15
26:60
Gaw 6:13
26:61
Jua 2:19
26:63
Mar 14:61;
Luc 22:67
26:64
Mar 16:19;
Luc 22:70;
Pah 1:7
26:65
Mar 14:63
26:66
Jua 19:7
26:68
Luc
22:63-65

73 Ngunit pagkaraan ng ilang sandali, lumapit sa kaniya
yaong mga nakatayo at sinabi kay Pedro, "Totoo naman na ikaw
ay isa rin sa kanila sapagkat ang iyong pananalita ang malinaw
na nagpapakilala sa iyo."
74 Kaya siya ay nagsimulang magsalita ng masama at
manumpa, "Hindi ko kilala ang lalaking iyon."
At kaagad tumilaok ang tandang. 75 At naipaalala kay Pedro
ang salita ni Jesus na sinabi sa kaniya, "Bago tumilaok ang
tandang ay tatlong ulit mo akong ipagkakaila." At siya ay
lumabas at tumangis na may kapaitan.

Nagbigti si Judas

27 Kinaumagahan, ang lahat ng mga punong saserdote at
ang matatanda ng bayan ay nagdaos ng sanggunian laban
kay Jesus upang siya ay kanilang ipapatay. 2 At pagkagapos nila
sa kaniya, siya ay kanilang dinala at ibinigay kay Pontio Pilato
na gobernador.

26:75 Jua 13:38
27:1 Mar 15:1; Luc 22:66
27:2 Mar 15:1; Luc 13:1; Gaw 3:13; 1Ti 6:13
27:5 Luc 1:9,21; Gaw 1:18
27:8 Gaw 1:19
27:12 Mar 14:61

3 Kaya nang nakita ni Judas, na siyang nagkanulo kay
Jesus, na si Jesus ay hinatulan, siya ay nagsisi at isinauli ang
tatlumpung pilak° sa mga punong saserdote at sa matatanda,
4 na sinasabi, "Ako ay nagkasala dahil ipinagkanulo ko ang
dugo na walang sala."
Ngunit sinabi nila, "Ano ngayon sa amin? Makikita mo rin."
5 Kaya pagkatapon niya sa mga piraso ng pilak sa banal na
dako ng templo, siya ay umalis at lumayo at siya ay nagbigti.
6 Ngunit kinuha ng mga punong saserdote ang mga piraso
ng pilak at sinabi, "Hindi ipinapahintulot na ilagay ang mga
ito sa kaban ng yaman sapagkat ito ay halaga ng dugo." 7 At
pagkatapos nilang magdaos ng sanggunian, ipinambili nila ang
mga ito ng bukid ng magpapalayok para sa libingan ng mga
dayuhan. 8 Kaya ang bukid na iyon ay tinawag na Bukid ng
Dugo hanggang sa araw na ito.
9 Natupad nga ang inihayag ni propeta Jeremias na sinasabi,
"At kinuha nila ang tatlumpung pilak, ang halaga niyaong
binigyan ng halaga, ayon sa halagang itinakda ng mga anak
ni Israel. 10 At ibinigay nila ang mga ito para sa bukid ng
magpapalayok ayon sa itinakda sa akin ng Panginoon."
Jer 32:6-9; Zak 11:12-13

Si Jesus sa Harap ni Pilato

Mar 15:1-15; Luc 23:1-5, 17-32; Jua 18:28-19:1

11 Si Jesus ay tumayo sa harap ng gobernador at siya ay
tinanong ng gobernador na sinasabi, "Ikaw ba ang Hari ng mga
Judio?"
At si Jesus ay sumagot sa kaniya, "Ikaw ang nagsasabi." 12 At

nang siya ay pinaparatangan ng mga punong saserdote at ng matatanda, siya ay walang isinagot.

13 Kaya sinabi ni Pilato sa kaniya, "Hindi mo ba naririnig
kung gaano karami ang kanilang ipinaparatang laban sa iyo?"
14 At si Jesus ay hindi sumagot sa kaniya ng kahit isang salita,
kung kaya ang gobernador ay labis na namangha.

15 Ngunit tuwing kapistahan ay kinaugalian na ng gobernador
na magpalaya sa napakaraming tao ng isang bilanggo na
ninanais nila. 16 At sa panahong iyon ay mayroon silang
kilalang bilanggo na tinatawag na Barabas. 17 Kaya nang sila
ay nagkatipon, sinabi ni Pilato sa kanila, "Sino ang ninanais
ninyo na palayain para sa inyo? Si Barabas ba o si Jesus na
tinatawag na Cristo?" 18 Sapagkat alam niya na dahil sa inggit
ay ipinagkanulo nila si Jesus.

19 Ngunit habang siya ay nakaupo sa upuan ng hukom,
nagsugo para sa kaniya ang kaniyang asawa na nagsasabi,
"Huwag mo ng pakialaman pa ang matuwid na iyan sapagkat
labis akong nahirapan sa araw na ito sa isang panaginip dahil sa
kaniya."

20 Subalit hinikayat ng mga punong saserdote at ng matatanda
ang napakaraming tao upang kanilang hilingin si Barabas at
si Jesus ay kanilang ipapapatay. 21 Sumagot ang gobernador at
sinabi sa kanila, "Sino sa dalawa ang ninanais ninyo na aking
palalayain para sa inyo?"

At sinabi nila, "Si Barabas!"

22 Sinabi ni Pilato sa kanila, "Ano ang gagawin ko kay Jesus
na tinatawag na Cristo?"

Ang lahat ay nagsabi sa kaniya, "Ipako siya sa krus!"

23 At sumagot ang gobernador, "Bakit, ano ang ginawa
niyang masama?" Ngunit sila ay lalong sumigaw na sinasabi,
"Ipako siya sa krus!"

24 Subalit nang nakita ni Pilato na wala itong idinudulot na
kabutihan at sa halip ay nagsisimula na ang kaguluhan, siya
ay kumuha ng tubig at naghugas ng mga kamay sa harap ng
napakaraming tao, na sinasabi, "Ako ay walang sala sa dugo ng
matuwid na taong ito. Makikita rin ninyo."

25 Kaya ang lahat ng mga tao ay sumagot at nagsabi, "Ang
kaniyang dugo ay mapasaamin at sa aming mga anak."

26 Pagkatapos nito ay pinalaya niya si Barabas at
pagkahagupit niya kay Jesus, siya ay ibinigay niya upang
ipapako siya sa krus.

Kinutya ng mga Kawal si Jesus

Mar 15:16-20; Jua 19:2-3

27 Kaya si Jesus ay dinala ng mga kawal ng gobernador

27:14 Mar 14:61
27:15 Jua 18:39
27:19 Jua 19:13
27:20 Gaw 3:14
27:25 Gaw 5:28
27:26 Jua 19:1
27:27 Jua 18:28

sa Pretorio♦ at nagkatipon sa kaniya ang buong batalyon♦
ng mga kawal. 28 At nang siya ay kanilang hinubaran, siya
ay kanilang sinuotan ng isang balabal na kulay ube. 29 At
pagkatapos nilang magsalapid ng isang putong na tinik,
inilagay nila ito sa kaniyang ulo at isang tambo sa kaniyang
kanang kamay. At sila ay lumuhod sa harap ni Jesus at siya
ay kinutya na sinasabi, "Pagbati, ang Hari ng mga Judio!"
30 At siya ay kanilang dinuraan, at kinuha nila ang tambo at
inihampas nila sa kaniyang ulo. 31 At pagkatapos nila siyang
kutyain, hinubad nila sa kaniya ang balabal at isinuot nila
sa kaniya ang kaniyang damit at siya ay inilayo nila upang
ipako sa krus.

Ipinako Nila sa Krus si Jesus

Mar 15:21-32; Luc 23:26-43; Jua 19:17-27

32 Habang sila ay papalabas, natagpuan nila ang isang
lalaking taga-Cerene na ang pangalan ay Simon. Siya ay
pinilit nila upang ipapasan sa kaniya ang krus ni Jesus. 33 At
nang sila ay dumating sa dako na tinatawag na Golgota♦ na
ang ibig sabihin ay Dako ng Bungo, 34 si Jesus ay binigyan
nila ng maasim na alak na hinaluan ng apdo upang inumin,
ngunit nang ito ay natikman niya, ito ay ayaw niyang inumin.

35 At nang siya ay naipako na nila sa krus, kanilang
pinaghati-hatian ang kaniyang damit sa pamamagitan
ng palabunutan upang matupad ang sinabi ng propeta,
"Pinaghati-hatian nila ang aking damit para sa kanilang sarili
at pinagpalabunutan nila ang aking kasuotan."

Awi 22:18

36 At sila ay nakaupo habang siya ay binantayan nila roon.
37 At inilagay nila sa kaniyang ulunan ang paratang sa kaniya
na nakasulat: ITO SI JESUS ANG HARI NG MGA JUDIO.
38 Sa oras na iyon, kasama niyang ipinapako sa krus ang
dalawang tulisan. Ang isa ay sa kaniyang bahaging kanan at
ang isa ay sa kaniyang bahaging kaliwa.

39 Ngunit siya ay nilalapastangan niyaong mga dumaraan,
na iniiling ang kanilang mga ulo 40 at nagsasabi, "Ikaw na
nagwawasak ng banal na dako ng templo at itatayo ito sa loob
ng tatlong araw, iligtas mo ang iyong sarili. Kung ikaw ang
Anak ng Diyos, bumaba ka mula sa krus."

41 At gayundin naman, ang mga punong saserdote ay
kumukutya sa kaniya kasama ang mga eskriba at ang
matatanda na nagsasabi, 42 "Iniligtas niya ang iba ngunit
hindi niya kayang iligtas ang kaniyang sarili. Kung siya ang
hari ng Israel, hayaan siyang bumaba ngayon mula sa krus
at sasampalataya kami sa kaniya. 43 Nagtiwala siya sa Diyos,

27:28 Jua 19:2
27:29 Jua 19:2-3
27:32 Mar 15:21; Luc 23:26; Gaw 2:10; Heb 13:12
27:33 Jua 19:17
27:40 Jua 2:19
27:42 Jua 1:49

hayaang siyang iligtas ng Diyos ngayon kung ninanais niya
sapagkat sinabi niya, 'Ako ang Anak ng Diyos.' "
44 At gayundin siya ay nilibak ng mga tulisang kasama
niyang ipinako sa krus.

Si Jesus ay Namatay

Mar 15:33-41; Luc 23:44-49; Jua 19:28-37

45 Nagkaroon ng kadiliman sa buong lupain simula sa
ikaanim na oras hanggang sa ikasiyam na oras. 46 At nang
bandang ikasiyam na ang oras si Jesus ay sumigaw sa malakas
na tinig na sinasabi, "Eli, Eli, lama sabachthani?" na ang ibig
sabihin ay "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?"
Awi 22:1

47 Nang ito ay narinig ng ilan sa mga nakatayo roon, kanilang
sinabi, "Tinatawag nito si Elias." 48 Kaagad na tumakbo ang isa
sa kanila at kumuha ng espongha at pinuno niya ito ng maasim
na alak at inilagay ito sa isang tambo upang ipainom sa kaniya.
49 Ngunit ang iba ay nagsabi, "Pabayaan mo siya. Makikita
natin kung darating si Elias at ililigtas siya."
50 Muling sumigaw si Jesus sa malakas na tinig at ipinaubaya
niya ang kaniyang espiritu.
51 At narito, ang tabing ng banal na dako ng templo ay
napunit sa dalawa mula sa itaas pababa at ang lupa ay nayanig
at ang mga bato ay nabiyak. 52 At ang mga libingan ay nabuksan
at maraming katawan ng mga banal na namatay na ay
ibinangon. 53 At pagkatapos ng kaniyang muling pagkabuhay,
sila ay lumabas mula sa mga libingan at sila ay pumasok sa
banal na lungsod at nagpakita sa marami.
54 Ngunit nang nakita ng senturion♦ at sila na mga kasama
niyang nagbabantay kay Jesus ang lindol at ang mga nangyari,
sila ay labis na natakot, na nagsasabi, "Totoong siya ang Anak
ng Diyos."
55 At maraming babaing naroroon ang nagmamasid mula
sa malayo. Sila yaong sumunod kay Jesus mula sa Galilea na
naglilingkod sa kaniya. 56 Kabilang sa kanila sina Maria na
taga-Magdala at Maria na ina nina Santiago at Jose at ang ina
ng mga anak ni Zebedeo.

27:50
Jua 19:30
27:51
Heb 9:3,8
27:55
Luc 8:2-3
27:56
Mar 15:47;
Luc 24:10;
Jua 19:25

Inilibing si Jesus

Mar 15:42-47; Luc 23:50-56; Jua 19:38-42

57 At nang sumapit ang takipsilim, dumating ang isang
mayamang lalaki mula sa Arimatea na nagngangalang Jose,
siya rin mismo ay naging alagad ni Jesus. 58 Siya ay pumunta
kay Pilato at hiniling niya ang katawan ni Jesus. Kaya iniutos ni
Pilato na ibigay ang katawan ni Jesus. 59 At pagkakuha ni Jose

sa katawan ni Jesus, binalot niya ito ng malinis na telang lino.
60 At ito ay inilagay niya sa kaniyang bagong libingan na inuka
niya sa bato. At nang naipagulong niya ang isang malaking
bato sa pintuan ng libingan, siya ay umalis. 61 At si Maria na
taga-Magdala at ang isa pang Maria ay naroroon na nakaupo sa
harapan ng puntod.

Ang mga Bantay ng Libingan

62 At kinabukasan, pagkatapos ng Araw ng Paghahanda♦,
ang mga punong saserdote at mga Fariseo ay nagtipun-tipon
sa harapan ni Pilato, 63 na nagsasabi, "Ginoo, naalala namin na
ang mandarayang iyon ay nagsabi nang siya ay nabubuhay pa,
'Pagkalipas ng tatlong araw, ako ay muling babangon.' 64 Kaya
iutos mo na bantayang maigi ang puntod hanggang sa ikatlong
araw baka dumating ang kaniyang mga alagad sa gabi at siya ay
nakawin at sabihin nila sa mga tao, 'Siya ay nagbangon mula sa
mga patay.' At mangyayari na ang huling pandaraya ay higit na
malala kaysa sa una."

65 Ngunit si Pilato ay sumagot sa kanila, "Kayo ay mayroong
tagapagbantay. Humayo kayo. Bantayan ninyo ito nang maigi
ayon sa inyong kaalaman." 66 Kaya sila ay umalis at kanilang
ipinabantayan nang maigi ang puntod, nilagyan ng selyo ang
bato at nagtalaga ng tagapagbantay.

27:60 Mar 16:4; Gaw 13:29
28:1 Luc 8:2
28:2 Jua 20:12; Gaw 5:19
28:3 Mar 9:3; Jua 20:12

Muling Nabuhay si Jesus

Mar 16:1-14; Luc 24:1-12; Jua 20:1-18

28 At sa pagtatapos ng araw ng Sabat, nang mag-uumaga
na sa unang araw ng linggo, si Maria na taga-Magdala
at ang isa pang Maria ay pumunta upang tingnan ang puntod.
2 At narito, nagkaroon ng malakas na lindol sapagkat ang isang
anghel ng Panginoon ay bumaba mula sa langit at siya ay
dumating at iginulong ang bato mula sa pintuan ng libingan at
siya ay umupo sa ibabaw nito. 3 Ang kaniyang anyo ay katulad
ng kidlat at ang kaniyang damit ay maputi na parang niyebe.
4 At sa takot ng mga nagbabantay, sila ay nanginig at naging
parang mga patay.

5 At ang anghel ay sumagot at sinabi sa mga babae, "Huwag
kayong matakot sapagkat alam ko na ang hinahanap ninyo ay
si Jesus na siyang ipinako sa krus. 6 Wala siya rito sapagkat siya
ay binangon ayon sa kaniyang sinabi. Halikayo, tingnan ninyo
ang dako kung saan inihimlay ang Panginoon, 7 at magmadali
kayong pumunta at sabihin ninyo sa kaniyang mga alagad na
siya ay binangon mula sa mga patay. At narito, siya ay mauuna
sa inyo patungo sa Galilea. Siya ay makikita ninyo roon. Narito,
sinabi ko na sa inyo."

8 Kaya sila ay nagmadaling umalis mula sa libingan, na may
takot at malaking kagalakan at sila ay tumakbo upang ibalita sa
kaniyang mga alagad.
9 At habang sila ay nasa daan upang balitaan ang kaniyang
mga alagad, narito, sinalubong sila ni Jesus na sinasabi,
"Magalak kayo." At sila ay lumapit at hinawakan ang kaniyang
mga paa at siya ay sinamba nila. 10 Kaya sinabi ni Jesus sa
kanila, "Huwag kayong matakot. Humayo kayo at ibalita ninyo
sa aking mga kapatid upang sila ay makapunta sa Galilea at ako
ay makikita nila roon."

Ang Pagbabalita ng mga Bantay

11 At habang sila ay papaalis, narito, ang ilan sa mga
bantay ay pumunta patungo sa lungsod at ibinalita sa mga
punong saserdote ang lahat ng mga nangyari. 12 At nang
sila ay nakapagtipon kasama ang matatanda at nang sila ay
nakapagdaos ng sanggunian, sila ay nagbigay ng maraming
salapi sa mga kawal, 13 na sinasabi, "Sabihin ninyo, 'Ang
kaniyang mga alagad ay dumating nang gabi at siya ay ninakaw
nila habang kami ay natutulog.' 14 At kapag ito ay makarating
sa pandinig ng gobernador, hihikayatin namin siya at titiyakin
namin na wala kayong alalahanin." 15 Kaya kanilang kinuha
ang mga piraso ng salapi at ginawa nila ang ayon sa itinuro
sa kanila. At ang pananalitang ito ay kumalat sa mga Judio
hanggang sa araw na ito.

Ang Dakilang Utos

Mar 16:15-18; Luc 24:44-49

16 Ang labing-isang mga alagad nga ay pumunta sa
Galilea, sa bundok na itinakda sa kanila ni Jesus. 17 At nang
siya ay nakita nila, siya ay sinamba nila ngunit ang iba ay
nag-alinlangan.
18 At si Jesus ay lumapit at nagsalita sa kanila na sinasabi,
"Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa lupa ay ibinigay
sa akin. 19 Kaya sa inyong paghayo, gawin ninyong alagad ang
lahat ng mga bansa, na binabawtismuhan sila sa pangalan ng
Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu, 20 na tinuturuan silang
ganapin ang lahat ng mga bagay, anuman ang aking iniutos
sa inyo. At narito, ako ay kasama ninyo sa lahat ng mga araw
hanggang sa katapusan ng kapanahunang ito." Siya nawa!

28:9 Jua 20:14-18
28:10 Mar 3:34; Jua 20:17; Heb 2:11-13,17
28:18 Luc 10:22; Jua 3:35; 1Co 15:27; Efe 1:20-22; Flp 2:9-10
28:19 Mar 16:15-16; Luc 24:47; Gaw 1:8; Rom 6:3-4; Gal 3:27; Col 2:12
28:20 Jua 14:26; Gaw 2:42; 18:10

ANG EBANGHELYO AYON KAY MARCOS

Sumulat: Marcos
Para Kanino: Sa mga mananampalataya na nasa Roma
Taon: A.D. 67-69

Panimulang Salita sa Ebanghelyo Ayon kay Marcos

Ang paglilingkod ni Jesu-Cristo ay naganap sa loob ng panahon nang mahigit na kaunti sa tatlong taon ngunit napakaraming gawain at pagtuturo ang ginawa niya sa panahong iyon. Sa ilalim ng patnubay ng Espiritu, si Marcos ay higit na nagbigay tuon sa mga ginawa ni Cristo kaysa sa kaniyang pagtuturo at madalas na tinutukoy ni Marcos ang mga paghihirap ni Cristo. Ang tema na ito ay nakatulong nang malaki para sa mga mananampalataya na nasa Roma dahil ang mga mananampalatayang ito ay nagsimulang makaranas ng matitinding pagmamalupit noong A.D. 65. Isinulat ni Marcos ang kaniyang ebanghelyo sa panahon ng A.D. 67-69. Ang ebanghelyo ni Marcos ay nagbigay ng tala ng mga pangangaral ni Pedro sa mga mananampalataya kahit namatay na si Pedro. Ang ebanghelyong ito ang nagpapalakas ng loob sa mga mananampalataya na nasa Roma sapagkat ipinapakita nito na si Cristo ay mapagtagumpay laban sa paghihirap.

Si Marcos ay tinawag din na Juan (Gaw 12:12). Ang unang iglesiya ay nagtipon sa bahay ng kaniyang pamilya sa Jerusalem (Gaw 12:12). Siya ay sumama kay Pablo at Barnabas sa kanilang unang pang-misyong paglalakbay (Gaw 13:4-12). Subalit kaagad siyang umayaw sa pagsama sa kanila kahit hindi pa nagtagal ang kanilang paglalakbay (Gaw 13:13). Dahil dito, si Pablo ay hindi sumang-ayon na isama siya sa ikalawang pang-misyong paglalakbay ngunit siya ay nais isama ni Barnabas sapagkat kamag-anak niya si Marcos. Isinama ni Barnabas si Marcos sa Cyprus gayunpaman pinili ni Pablo si Silas at pumunta sila sa ibang lugar (Gaw 15:3-40). Subalit si Marcos ay muling naging mabuting tagapaglingkod at sa wakas ay kinilala ito ni Pablo (2Ti 4:11).

Hinati ni Marcos ang kaniyang ebanghelyo sa dalawang pangkat. Simula sa 1:1 hanggang 8:30 ay isinulat ni Marcos ang taglay na kapamahalaan ni Cristo. Isinulat ni Marcos ang labing-walong kamangha-manghang mga gawa ni Cristo at ang karamihan nito ay nasa unang pangkat. Si Cristo ay may kapangyarihan sa lahat ng nasasaklawan ng buhay. Mula sa 8:31 hanggang 16:20 ay binigyang tuon ni Marcos ang kamatayan, paglibing at muling pagkabuhay ni Cristo. Ang titulong "Anak ng Tao" ay nabanggit ng labing-apat na ulit sa ebanghelyong ito. Ito ay tumutukoy sa kapamahalaan ni Jesus at ang pagkakilala sa kaniya bilang Diyos at tao. Gayunpaman, ipinapakita ni Marcos na ang Anak ng Tao ay kailangang maghirap din. Siya ay pumarito "upang maglingkod at upang ibigay ang kaniyang buhay bilang pantubos sa marami" (10:45).

Si Jesus ay naghirap para sa kaniyang mga alagad at sila ay tinawag niya para sa buhay na may paghihirap. Subalit natamo niya ang tagumpay laban sa paghihirap, at ililigtas din niya ang kaniyang bayan.

Balangkas ng Ebanghelyo Ayon kay Marcos:

I. Ang kapamahalaan ni Cristo sa lahat ng nasasaklawan ng buhay (*1:1-8:30*).
II. Ang kamatayan, paglibing at muling pagkabuhay ni Cristo (*8:31-16:20*).

Si Juan na Tagapagbawtismo

Mat 3:1-12; Luc 3:1-20; Jua 1:6-8, 15-37

1 Ito ang simula ng ebanghelyo patungkol kay Jesu-Cristo,
ang Anak ng Diyos **2** tulad ng nasusulat sa aklat ng mga
propeta, "Narito, isinusugo ko ang aking sugo na nauuna
sa iyo. Siya ang maghahanda ng iyong daraanan sa unahan
mo."

Mal 3:1

3 "May tinig ng isang sumisigaw sa ilang, 'Ihanda ninyo
ang daan ng Panginoon. Tuwirin ninyo ang kaniyang mga
landas.' "

Isa 40:3

4 Si Juan na tagapagbawtismo ay dumating sa ilang upang
ipangaral ang bawtismo ng pagsisisi dahil sa kapatawaran
ng mga kasalanan. **5** At pumunta sa kaniya ang lahat ng mga
nasa lalawigan ng Judea at lahat ng mga taga-Jerusalem. At
silang lahat ay nagpabawtismo sa kaniya sa ilog Jordan, na
ipinahahayag ang kanilang mga kasalanan.

6 At nakadamit si Juan ng kasuotang yari sa balahibo
ng kamelyo♦ at sa baywang niya ay may pamigkis na
balat ng hayop. Ang kaniyang kinakain ay mga balang at
pulut-pukyutan.

7 At siya ay nangaral na sinasabi, "Ang sumusunod sa
hulihan ko ay higit na makapangyarihan kaysa sa akin.
Hindi ako karapat-dapat yumukod at magkalag ng tali ng
kaniyang mga pangyapak. **8** Kayo nga ay binawtismuhan ko
sa pamamagitan ng tubig, ngunit kayo ay babawtismuhan
niya sa pamamagitan ng Banal na Espiritu."

Binawtismuhan si Jesus

Mat 3:13-17; Luc 3:21-22; Jua 1:31-34

9 At nangyari sa mga araw na iyon na si Jesus ay dumating
mula sa Nazaret ng Galilea at binawtismuhan siya ni Juan
sa ilog ng Jordan. **10** At nang umaahon si Jesus mula sa tubig
ay kaagad niyang nakita na nabuksan ang kalangitan at ang
Espiritu na katulad ng kalapati ay bumababa sa kaniya.
11 May tinig na nagmula sa langit na nagsasabi, "Ikaw ang
pinakamamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan."

Tinukso ng Diyablo si Jesus

Mat 4:1-11; Luc 4:1-13

12 At kaagad siyang dinala ng Espiritu sa ilang.
13 Apatnapung araw siyang nanatili sa ilang at doon siya ay
tinukso ni Satanas, at ang kasama niya roon ay mababangis
na hayop. At pinaglingkuran siya ng mga anghel♦.

1:1 Mat 4:3
1:2 Mat 11:10; Luc 7:27
1:3 Jua 1:23
1:4 Mat 3:1; Luc 1:77; Jua 1:26, 33; Gaw 1:5,22
1:7 Gaw 13:25
1:8 Jua 1:33; Gaw 1:5
1:9 Mat 2:23; 3:1
1:10 Jua 1:32
1:11 Mat 3:17
1:13 Mat 4:10; Heb 4:15

Si Jesus ay Bumalik sa Galilea at Nangaral

Mat 4:14-17; Luc 4:14-15

14 Nang naipabilanggo si Juan, pumunta si Jesus sa Galilea
na ipinangangaral ang ebanghelyo ng paghahari ng Diyos.
15 Sinasabi niya, "Naganap na ang takdang panahon at malapit
na ang paghahari ng Diyos. Magsisi kayo at sampalatayanan
ninyo ang ebanghelyo."

Sumunod kay Jesus sina Simon, Andres, Santiago at Juan

Mat 4:18-22; Jua 1:35-51

16 Habang naglalakad si Jesus sa tabi ng lawa ng Galilea,
nakita niya si Simon at ang kapatid niyang si Andres
na naghahagis ng lambat sa lawa sapagkat sila ay mga
mangingisda. **17** Sinabi ni Jesus sa kanila, "Sumunod kayo sa
akin at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao."
18 Kaya kaagad nilang iniwan ang kanilang mga lambat at
sumunod sa kaniya.

19 Nang siya ay malayu-layo na, nakita niya si Santiago
na anak ni Zebedeo at ang kapatid niyang si Juan. Sila ay
nasa bangka na naghahayuma* ng kanilang mga lambat. **20** At
kaagad silang tinawag ni Jesus. Kaya iniwan nila sa bangka
ang kanilang amang si Zebedeo na kasama ang mga upahang
manggagawa, at sila ay sumunod na kaniya.

Si Jesus sa Capernaum

Luc 4:31-37

21 Pagdating nila sa Capernaum, kaagad pumasok si Jesus
sa sinagoga♦ sa araw ng Sabat♦ at siya ay nagturo. **22** Sila ay
nanggilalas sa kaniyang katuruan sapagkat sila ay tinuturuan
niya katulad ng isang may kapamahalaan at hindi katulad ng
mga eskriba♦.

23 Sa kanilang sinagoga ay may sumisigaw na lalaking
inaalihan ng karumal-dumal na espiritu† **24** na nagsasabi,
"Hayaan mo kami! Ano ito sa iyo at sa amin, Jesus na taga-
Nazaret? Naparito ka ba upang kami ay puksain? Kilala namin
kung sino ka, ikaw ang Banal ng Diyos."

25 Sinaway siya ni Jesus na sinasabi, "Tumahimik ka at
lumabas sa kaniya!" **26** Matapos siyang pangisayin ng karumal-
dumal na espiritu at pasigawin na may malakas na tinig, ito
ay lumabas mula sa kaniya. **27** Silang lahat ay namangha kaya
sila ay nagtanungan sa isa't isa na sinasabi, "Anong bagay ba
ito? Anong bagong katuruan ito na kahit ang mga karumal-
dumal na espiritu ay inuutusan niyang may kapamahalaan at

1:14 Mat 3:1; 4:12,23
1:15 Jua 3:15; Rom 5:6; Gal 4:4; Efe 1:10
1:18 Mat 4:19
1:21 Mat 4:23
1:22 Mat 7:28-29
1:24 Mat 8:29; Luc 24:19; Jua 1:45-46; Gaw 4:10; 1Jn 2:20

* **1:19** *naghahayuma*: Ito ay ang pananahi ng napunit na lambat.
† **1:23** *karumal-dumal na espiritu*: Ang tinutukoy ay mga demonyo.

sumusunod sila sa kaniya?" 28Kaya kumalat kaagad ang balita
patungkol sa kaniya sa buong palibot ng Galilea.

Pinagaling ni Jesus ang Maraming Tao

Mat 8:16-17; Luc 4:38-44

29At pagkaalis nila sa sinagoga, sila ay pumunta kaagad sa
bahay nina Simon at Andres kasama sina Santiago at Juan.
30Ang babaing biyenan ni Simon ay nakaratay dahil siya ay
nilalagnat kaya kaagad nilang sinabi kay Jesus ang patungkol
sa kaniya. 31Nilapitan siya ni Jesus at hinawakan ang kaniyang
kamay at ibinangon, at nawala kaagad ang kaniyang lagnat at
naglingkod siya sa kanila.

32At sa pagsapit ng takipsilim, nang lumubog ang araw,
dinala nila kay Jesus ang lahat ng mga maysakit at ang
mga inaalihan ng mga demonyo, 33at ang buong lungsod ay
nagkatipon sa may pintuan. 34Marami siyang pinagaling na
may iba't ibang sakit at nagpalayas siya ng maraming demonyo
at hindi niya pinayagang magsalita ang mga demonyo sapagkat
kilala nila kung sino siya.

Nanalangin si Jesus

35Kinaumagahan habang madilim pa, si Jesus ay bumangon
at lumabas at pumunta siya sa liblib na lugar at doon ay
nanalangin siya. 36Hinanap siya ni Simon at ng kaniyang mga
kasama, 37at nang siya ay natagpuan nila, sinabi nila sa kaniya,
"Hinahanap ka ng lahat."

38Sinabi niya sa kanila, "Tayo na sa mga karatig-bayan
upang makapangaral din ako roon sapagkat iyan ang layunin ng
aking pagparito."

39Kaya si Jesus ay nangaral sa buong Galilea sa kanilang
mga sinagoga at nagpalayas ng mga demonyo.

Ang Lalaking Ketongin

Mat 8:2-4; Luc 5:12-14

40May ketonging lumapit kay Jesus na namamanhik at
naninikluhod, at sinabi sa kaniya, "Kung nais mo, malilinis mo
ako!"

41Nahabag si Jesus, iniabot ang kaniyang kamay at hinawakan
ang ketongin na sinasabi, "Ibig ko, maging malinis ka."
42Pagkasabi nito sa kaniya ni Jesus, nawala kaagad ang ketong at
luminis siya. 43Kaya mahigpit siyang binilinan ni Jesus at pinaalis
kaagad 44na sinasabi sa kaniya, "Ingatan mong huwag sasabihin
kaninuman ang nangyaring ito, sa halip ay humayo ka mismo at
magpakita ka sa saserdote. Magdala ka ng handog para sa iyong
pagkalinis ayon sa iniutos ni Moises bilang patotoo♦ sa kanila."

1:28 Mat 9:26
1:31 Luc 7:14
1:32 Mat 4:24
1:34 Mat 4:23; Gaw 16:17-18
1:35 Luc 3:21
1:39 Mat 4:23-24
1:44 Mat 8:4

45 Ngunit nang siya ay lumabas, sinimulan niyang ipinamalita
at ipinangalat sa marami ang nangyari. Dahil dito, hindi na
hayagang makapasok sa lungsod si Jesus. Nanatili na lamang
siya sa labas na mga liblib na pook, kaya pinuntahan siya ng
mga taong nagmula sa iba't ibang dako.

Pinagaling ni Jesus ang Paralitiko

Mat 9:2-8; Luc 5:18-26

2 Pagkalipas ng ilang araw, muling pumasok si Jesus sa
Capernaum at kumalat ang balita na siya ay nasa isang
bahay. 2 Kaagad na nagkatipon ang maraming tao, kung kaya
wala nang matayuan kahit na sa may pintuan. Kaya ipinangaral
niya ang salita sa kanila. 3 At pumunta sa kaniya ang apat na
lalaki na dala-dala ang paralitiko. 4 At nang hindi sila makalapit
kay Jesus dahil sa dami ng tao, kaya nga binakbak nila at
binutasan ang bubong* sa tapat niya at inihugos† ang higaan
kung saan nakaratay ang paralitiko.

1:45 Luc 5:15-16; Jua 6:2
2:3 Mat 4:24
2:5 Luc 7:48
2:10 Mat 8:20
2:12 Mat 9:8,33
2:13 Luc 5:15; Jua 6:2
2:14 Mat 4:19

5 Nang nakita ni Jesus ang kanilang pananampalataya, sinabi
niya sa paralitiko, "Anak, pinatawad na ang mga kasalanan mo."
6 Ngunit ang ilan sa mga eskriba na nakaupo roon ay
nagbigay-katuwiran sa kani-kanilang mga puso, 7 "Bakit
naglalapastangan ng ganito ang taong ito? Sino ba ang
makakapagpatawad ng mga kasalanan kundi ang Diyos
lamang?"
8 Alam kaagad ni Jesus sa kaniyang espiritu ang pagtalo-
talo nila sa kanilang mga sarili. Sinabi niya sa kanila, "Bakit
ninyo pinagtatalunan ang mga bagay na ito sa inyong mga
puso? 9 Alin ba ang higit na madaling sabihin sa paralitiko,
'Pinatawad na ang iyong mga kasalanan' o 'Bumangon ka,
buhatin mo ang iyong higaan at lumakad ka?' 10 Upang inyong
malaman na ang Anak ng Tao♦ ay may kapamahalaan sa lupa
na magpatawad ng mga kasalanan" (sinasabi niya sa paralitiko),
11 "sinasabi ko sa iyo, tumindig ka, buhatin mo ang iyong
higaan at umuwi ka sa iyong bahay." 12 Kaya tumindig kaagad
ang paralitiko at siya ay umalis sa harapan ng lahat na buhat-
buhat ang kaniyang higaan. Kaya ang lahat ay namangha at
niluwalhati ang Diyos na sinasabi, "Kailanman ay hindi tayo
nakakita nang ganito!"

Tinawag ni Jesus si Levi

Mat 9:9; Luc 5:27-28

13 Nagtungo muli si Jesus sa tabi ng lawa at lahat ng mga tao
ay pumunta sa kaniya at sila ay tinuruan niya. 14 Sa kaniyang

* **2:4** *bubong*: Ang bubungan ng bahay sa Gitnang Silangan ay pantay.
† **2:4** *inihugos*: Ito ay pagbababa sa pamamagitan ng lubid.

paglalakad, nakita niya si Levi, na anak ni Alfeo, na nakaupo sa pinagbabayaran ng buwis. Sinabi sa kaniya ni Jesus, "Sumunod ka sa akin." Kaya tumindig siya at sumunod kay Jesus.

15Nangyari nga nang si Jesus ay kumain sa bahay ni Levi, maraming maniningil ng buwis at makasalanan ang nakisalo sa kaniya at sa kaniyang mga alagad. Kaya marami ang sumunod kay Jesus. **16**Nang nakita ng mga eskriba at ng mga Fariseo♦ na siya ay kumakaing kasalo ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan, sinabi nila sa kaniyang mga alagad, "Bakit siya kumakain at umiinom na kasalo ang mga maniningil ng buwis at mga makasalanan?"

17Nang narinig ito ni Jesus, sinabi niya sa kanila, "Hindi nangangailangan ng manggagamot ang mga walang sakit, kundi ang mga maysakit. Hindi ako naparito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan sa pagsisisi."

Katanungan sa Pag-aayuno

Mat 9:14-17; Luc 5:33-39

18Ang mga alagad ni Juan at yaong sa mga Fariseo ay nag-aayuno. Lumapit sila kay Jesus at sinabi sa kaniya, "Bakit nag-aayuno ang mga alagad ni Juan at yaong sa mga Fariseo, ngunit ang mga alagad mo ay hindi nag-aayuno?"

19Sinabi ni Jesus sa kanila, "Makapag-aayuno ba ang mga anak ng silid-kasalan* habang ang lalaking ikakasal ay kasama nila? Hindi sila makapag-aayuno sa panahong kasama nila ang lalaking ikakasal, **20**ngunit darating ang mga araw na siya ay kukunin sa kanila, at saka sila mag-aayuno sa mga araw na iyon. **21**Walang sinumang nagtatagpi ng bagong tela sa lumang damit, sapagkat kung ang bagong telang itinagpi ay umurong babatakin nito ang lumang damit at ang punit ay lalong lalala. **22**Walang sinumang nagsasalin ng bagong alak sa lumang sisidlang-balat, kung hindi ay papuputukin ng bagong alak ang sisidlang-balat, at ang alak ay matatapon at ang sisidlang-balat ay masisira, sa halip, ang bagong alak ay dapat isalin sa bagong sisidlang-balat."

2:16 Mat 9:11
2:17 Luc 19:10; 1Ti 1:15
2:18 Mat 6:16-18; Gaw 13:2
2:20 Luc 17:22
2:24 Mat 12:2

Ang Panginoon ng Sabat

Mat 12:1-8; Luc 6:1-5

23Nangyari nga na isang araw ng Sabat♦, si Jesus ay dumaan sa bukirin† kasama ang kaniyang mga alagad. Habang naglalakad sila, namitas ng mga uhay ng trigo ang kaniyang mga alagad. **24**Kaya ang mga Fariseo ay nagsabi sa kaniya,

* **2:19** *anak ng silid-kasalan*: Ito ay idyomang Griyego na tumutukoy sa mga taong may bahagi sa kasalan atbp.
† **2:23** *bukirin*: Taniman ng butil katulad ng trigo, sebada atbp.

"Narito, bakit ginagawa nila ang ipinagbabawal sa araw ng Sabat?"

25Sinabi niya sa kanila, "Hindi ba ninyo nabasa kung ano ang ginawa ni David nang siya ay nangailangan at nagutom, siya at sila na mga kasama niya, **26**kung paano siya pumasok sa bahay ng Diyos nang si Abiatar ang punong saserdote♦, at kinain ang tinapay na handog♦ sa Diyos na hindi dapat kainin, maliban lamang sa mga saserdote? At binigyan din niya ang kaniyang mga kasama."

27Sinabi rin ni Jesus sa kanila, "Ang araw ng Sabat ay ginawa para sa tao at hindi ang tao para sa araw ng Sabat. **28**Kaya nga, ako na Anak ng Tao ay Panginoon din ng araw ng Sabat."

3 Muling pumasok si Jesus sa sinagoga at naroroon ang isang lalaki na may natuyot na kamay. **2**At si Jesus ay minamatyagan nila kung pagagalingin niya ang lalaking iyon sa mga araw ng Sabat upang siya ay maparatangan nila. **3**Sinabi ni Jesus sa lalaking iyon na may natuyot na kamay, "Tumindig ka sa kalagitnaan." **4**At sinabi niya sa kanila, "Ipinahihintulot ba ang gumawa ng kabutihan o ang gumawa ng kasamaan sa mga araw ng Sabat? Ang magligtas ng buhay o ang pumatay?" Subalit sila ay nanahimik. **5**Nang may galit na tumingin si Jesus sa kanila na nasa paligid, siya ay nagdalamhati dahil sa katigasan ng kanilang puso. Sinabi niya sa lalaki, "Iunat mo ang iyong kamay." Kaya iniunat niya ito at ang kaniyang kamay ay nanumbalik na magaling kagaya ng isa. **6**Nang lumabas ang mga Fariseo, kaagad silang sumangguni sa mga tagasunod ni Herodes laban sa kaniya kung paano nila maipapatay si Jesus.

2:27 Col 2:16
2:28 Mat 8:20
3:1 Mat 4:23
3:2 Mat 12:10
3:6 Mat 22:16
3:7 Mat 4:25
3:8 Mat 11:21
3:10 Mat 4:23; 9:20
3:11 Mat 4:3

Sumunod kay Jesus ang Napakaraming Tao

7Kaya umalis si Jesus kasama ang kaniyang mga alagad patungo sa dagat at sumunod sa kaniya ang lubhang napakaraming taong mula sa Galilea, mula sa Judea, **8**mula sa Jerusalem, mula sa Idumea at sa kabilang ibayo ng Jordan at yaong mga nasa palibot ng Tiro at Sidon. Lubhang napakarami ang pumaroon sa kaniya dahil narinig nila ang mga dakilang ginagawa niya. **9**Sinabi niya sa kaniyang mga alagad na maghanda para sa kaniya ng maliit na bangka, dahil sa napakaraming tao, upang hindi sila magsiksikan sa kaniya **10**sapagkat marami siyang pinagaling kung kaya siniksik siya upang mahawakan ng sinumang may sakit. **11**Sa tuwing nakikita siya ng mga karumal-dumal na espiritu, sila ay nagpapatirapa sa kaniya at sumisigaw na nagsasabi, "Ikaw

ang Anak ng Diyos." 12Ngunit mahigpit niyang pinagbilinan na huwag nilang ihayag kung sino siya.

Tinawag ang Labindalawang Alagad

Mat 10:1-4; Luc 6:13-16

13Umahon siya sa bundok at tinawag niya na lumapit sa kaniya yaong mga naiibigan niya at sila ay lumapit sa kaniya. 14Humirang siya ng labindalawang lalaki upang kaniyang makasama, upang sila ay maisugo niya na mangaral 15at upang magkaroon ng kapangyarihang magpagaling ng mga sakit at magpalayas ng mga demonyo. 16Itinalaga niya si Simon na tinagurian niyang Pedro, 17si Santiago na anak ni Zebedeo, si Juan na kapatid ni Santiago na tinaguriang Boanerges na ang ibig sabihin ay "Mga Anak ng Kulog," 18sina Andres, Felipe, Bartolome, Mateo, Tomas, Santiago na anak ni Alfeo, si Tadeo, si Simon na taga-Canaan, 19at si Judas na taga-Keriot na siya ring nagkanulo sa kaniya. At sila ay pumasok sa bahay.

Ang Pagpapalayas kay Satanas

Mat 12:24-30; Luc 11:14-26

20Muling nagtipun-tipon ang napakaraming tao kung kaya wala silang magawa kahit ang kumain ng tinapay. 21Nang ito ay narinig ng kaniyang mga kamag-anak, sila ay pumaroon upang kunin siya sapagkat sinasabi nila, "Wala siya sa kaniyang sarili."

22Ang mga eskriba na dumating mula sa Jerusalem ay nagsasabi, "Nasa kaniya si Beelzebub♦" at "sa pamamagitan ng pinakapuno ng mga demonyo ay nagpapalayas siya ng mga demonyo."

23Pagkatapos niya silang tawagin upang lumapit sa kaniya, nagpatuloy siyang nagsalita sa kanila sa mga talinghaga, "Paanong mapapalayas ni Satanas si Satanas? 24Kapag ang kaharian ay mahati laban sa kaniyang sarili, ang kahariang iyon ay hindi makatayo. 25At kapag ang sambahayan ay mahati laban sa kaniyang sarili, ang sambahayang iyon ay hindi makatayo. 26At kung si Satanas ay maghimagsik laban sa kaniyang sarili at nagkabaha-bahagi na, hindi siya makatayo kundi siya ay nagkakaroon ng wakas. 27Walang sinuman ang makakapasok sa bahay ng taong malakas upang samsamin ang kaniyang mga kagamitan maliban na maigapos muna niya ang taong malakas at saka pa lamang niya sasamsamin ang mga kagamitan sa bahay ng taong malakas."

28"Katotohanang sinasabi ko sa inyo, patatawarin ang lahat ng mga kasalanan sa mga anak ng sangkatauhan at ang anumang kalapastanganan na kanilang maipaglapastangan,

3:12 Mat 8:4; Gaw 16:17-18
3:13 Mat 5:1
3:15 Mat 10:1
3:16 Jua 1:42
3:21 Jua 10:20; Gaw 26:24
3:22 Mat 15:1; Jua 7:20
3:23 Mat 4:10

29 ngunit kapag ang sinuman ay maglapastangan laban sa Banal
na Espiritu, siya ay walang kapatawaran magpakailanman,
sa halip, siya ay nasa ilalim ng walang hanggang kahatulan."
30 Sinabi nila, "Mayroon siyang karumal-dumal na espiritu."

Ang Ina at mga Kapatid ni Jesus

Mat 12:46-50; Luc 8:19-21

31 Pagkatapos nito, dumating ang kaniyang mga kapatid na
lalaki at ang kaniyang ina at habang nakatayo sa labas, sila ay
nagsugo sa kaniya upang tawagin siya. 32 At ang napakaraming
taong nakaupo sa palibot niya ay nagsabi rin sa kaniya,
"Narito, ang iyong ina at mga kapatid na lalaki na nasa labas ay
naghahanap sa iyo."
33 Sumagot siya sa kanila na sinasabi, "Sino ang aking ina o
mga kapatid na lalaki?" 34 Tiningnan niya sa paligid ang mga
taong nakaupo sa kaniyang palibot at sinabi niya, "Narito, ang
aking ina at mga kapatid na lalaki, 35 sapagkat ang sinumang
gumagawa ng kalooban ng Diyos, siya ang aking kapatid na
lalaki, kapatid na babae at ina."

3:29 Mat 12:31-32; Luc 12:10
4:8 Jua 15:5; Col 1:6
4:9 Mat 11:15

Ang Talinghaga Patungkol sa Manghahasik

Mat 13:1-23; Luc 8:4-15

4 Nagsimula muling magturo si Jesus sa tabi ng dagat at
nagkatipon sa harap niya ang lubhang napakaraming
tao, kaya siya ay sumakay upang umupo sa bangka na nasa
dagat, ngunit ang lahat ng napakaraming tao ay nasa lupa sa
tabi ng dagat. 2 Sila ay tinuruan niya ng maraming bagay sa
pamamagitan ng mga talinghaga. Sa kaniyang pagtuturo, sinabi
niya sa kanila,
3 "Makinig kayo! Narito, lumabas ang manghahasik upang
maghasik. 4 At nangyari, na sa kaniyang paghahasik ay may
nahulog nga sa tabi ng daan at dumating ang mga ibon mula sa
himpapawid at nilamon ito. 5 At ang ilan ay nahulog sa lupang
mababato na walang sapat na lupa. Ang mga ito ay sumibol
kaagad dahil hindi malalim ang lupa. 6 At sa pagsikat ng araw
ay nalanta ito, at dahil naging walang ugat ito ay tuluyang
natuyo. 7 At ang ilan ay nahulog sa dawagan, at ang mga dawag
ay lumago at sinakal ang mga ito kaya ang mga ito ay hindi
nagbunga. 8 At ang iba ay nahulog sa mabuting lupa at ito ay
namunga habang tumataas at lumalago. Ang isa ay nagbubunga
ng tatlumpu, ang isa ay animnapu at ang isa ay isandaan."
9 At sinabi niya sa kanila, "Siya na mayroong mga tainga
upang makinig, hayaan siyang makinig."
10 Nang nag-iisa na siya, ang mga nasa palibot niya
kasama ang labindalawa ay nagtanong sa kaniya patungkol

sa talinghaga. **11** At sinabi niya sa kanila, “Ang makaalam ng
hiwaga ng paghahari ng Diyos ay ibinigay na sa inyo, ngunit sa
kanila na nasa labas, ang lahat ng mga bagay ay ginagawa sa
talinghaga **12** upang ‘sa pagtingin, sila ay makakita ngunit hindi
makatalastas, at sa pagdinig, sila ay makarinig ngunit hindi
makaunawa. Kung hindi gayon, sila ay manumbalik at ang
kanilang mga kasalanan ay mapatawad.’ ”

Isa 6:9-10

13 At sinabi niya sa kanila, “Hindi ba ninyo nauunawaan
ang talinghagang ito? Paano ninyo maiintindihan ang lahat
ng mga talinghaga? **14** Yaong naghahasik ay naghahasik ng
salita. **15** Ito yaong mga nasa tabi ng daan kung saan ang
salita ay naihasik. Sila yaong sa tuwing makarinig ng salita,
dumarating kaagad si Satanas at kinukuha ang naihasik na
salita sa kanilang mga puso. **16** Gayundin naman, ito yaong
mga naihasik sa mabatong mga lugar. Sila yaong sa tuwing
makarinig ng salita, ito ay kaagad nilang tinatanggap na may
galak. **17** Ngunit sila ay walang ugat sa kanilang mga sarili, kaya
sila ay pansamantalang nanatili. **18** At ito yaong mga naihasik
sa lugar ng mga dawag. Sila yaong mga nakakarinig ng salita,
19 ngunit ang kabalisahan sa kapanahunang ito, ang pandaraya
ng kayamanan at ang paghahangad sa ibang mga bagay na
pumasok sa kanila ang sumisiksik sa salita at ito ay nagiging
walang bunga. **20** At ito yaong mga naihasik sa mabuting lupa.
Sila yaong nakikinig at tumatanggap sa salita at nagbubunga, sa
isa ay tatlumpu, sa isa ay animnapu at sa isa ay isandaan.”

Ang Ilawan sa Ibabaw ng Patungan

Mat 5:15-16; Luc 8:16-18; 11:33-36

21 At sinabi ni Jesus sa kanila, “Dinadala ba ang ilawan
upang mailagay sa ilalim ng takalan o sa ilalim ng higaan?
Hindi ba dapat mailagay ito sa lalagyan ng ilawan? **22** Sapagkat
walang anumang nakatago ang hindi mahahayag, ni ang
nangyari sa lihim, sa halip, ito ay maibubunyag. **23** Ang
sinumang may mga tainga upang makinig, hayaan siyang
makinig.”

24 At sinabi niya sa kanila, “Mag-ingat kayo kung ano ang
inyong pinapakinggan. Sa panukat na inyong ipinapangsukat ay
susukatin kayo, at sa inyo na mga nakikinig, ito ay idadagdag
sa inyo, **25** sapagkat siya na mayroon ay mabibigyan pa, ngunit
siya na wala, kahit ang nasa kaniya ay kukunin sa kaniya.”

Ang Talinghaga ng Binhi

26 At sinabi niya, “Ganito ang paghahari ng Diyos. Ito ay
katulad sa isang tao na kapag maghasik ng binhi sa lupa,

4:11 Mat 3:2; 1Co 5:12-13; Col 4:5; 1Te 4:12; 1Ti 3:7
4:12 Mat 13:13-15
4:14 Luc 1:2; Gaw 4:31; Flp 1:14
4:15 Mat 4:10
4:19 Mat 19:23; 1Ti 6:9-10, 17; 1Jn 2:15-17
4:21 Mat 5:15
4:22 Mat 10:26; Luc 8:17
4:23 Mat 11:15
4:24 Mat 7:2
4:25 Mat 25:29
4:26 Mat 13:24

27 siya ay matutulog at babangon sa araw at gabi, at ang
binhi ay sumisibol at lumalaki na hindi niya alam kung
paano, 28 sapagkat ang lupa mismo ang nagpapabunga sa
mga binhi, una ang usbong, saka ang uhay, pagkatapos ay
ang buong butil sa uhay. 29 Ngunit kapag mahinog na ang
bunga, kaagad niyang isinusugo ang manggagapas sapagkat
dumating na ang anihan."

Ang Talinghaga ng Butil ng Mustasa

Mat 13:31-32; Luc 13:18-19

30 At sinabi niya, "Sa ano natin maihahalintulad
ang paghahari ng Diyos o sa aling talinghaga natin ito
maihahambing? 31 Ito ay katulad ng butil ng mustasa na
kapag maitanim sa lupa, ito ay mas maliit kaysa sa lahat ng
mga binhi na nasa lupa. 32 Ngunit kapag ito ay maihasik,
ito ay tutubo at nagiging higit na malaki sa lahat ng mga
halaman, at nagkakaroon ito ng malalaking mga sanga
upang ang mga ibon sa himpapawid ay makakasilong sa
lilim nito."

33 Nangaral siya sa kanila ng salita sa pamamagitan ng
maraming talinghagang katulad nito, ayon sa kakayahan
nilang makinig. 34 At hindi siya nangaral sa kanila maliban
sa mga talinghaga. Ngunit kapag siya at ang kaniyang mga
alagad na lamang, ipinapaliwanag niya ang lahat.

4:29 Pah 14:15
4:30 Mat 13:24
4:33 Jua 16:12
4:34 Jua 16:25
4:40 Mat 14:31

Pinatigil ni Jesus ang Bagyo

Mat 8:23-27; Luc 8:22-25

35 Sa araw na iyon, nang sumapit ang takipsilim, sinabi ni
Jesus sa kaniyang mga alagad, "Tumawid tayo sa kabilang
ibayo." 36 At nang napauwi na nila ang napakaraming tao,
isinama nila siya nang bukod sa bangka bagaman may
kasama rin siyang maliliit na mga bangka. 37 At dumating
ang malakas na bagyo ng hangin at sinasalpok ng malalakas
na alon ang bangka kaya napupuno na ito ng tubig. 38 Siya
ay natutulog na may unan sa hulihang bahagi ng bangka. At
siya ay ginising nila at sinabi sa kaniya, "Guro, bale wala ba
sa iyo na tayo ay napapahamak?"

39 Sa kaniyang pagbangon, kaniyang sinaway ang
hangin at sinabi sa dagat, "Pumanatag ka! Tumahimik
ka!" Kaya tumahimik ang hangin at nagkaroon ng lubos
na kapayapaan. 40 At sinabi niya sa kaniyang mga alagad,
"Bakit kayo natatakot? Paanong nagkagayon na wala kayong
pananampalataya?" 41 At natakot sila ng lubhang pagkatakot
at nagsabi sila sa isa't isa, "Sino nga ba ang taong ito na
kahit ang hangin at ang dagat ay sumusunod sa kaniya?"

Pinagaling ni Jesus ang Inalihan ng Demonyo

Mat 8:28-34; Luc 8:26-40

5 Dumating sila sa kabilang ibayo ng dagat, sa lupain ng mga
taga-Gadara. **2** Pagkababa ni Jesus mula sa bangka, kaagad
siyang sinalubong ng lalaki na galing sa mga libingan, na
may karumal-dumal na espiritu. **3** Siya ay may tirahan sa mga
libingan at walang sinuman ang makakagapos sa kaniya kahit
pa sa pamamagitan ng mga tanikala **4** sapagkat siya ay madalas
nilang iginagapos ng mga pangaw♦ at tanikala, ngunit nilalagot
niya ang mga tanikala at pinagpuputol ang mga pangaw, at
walang sinumang nakakapigil sa kaniya. **5** Araw at gabi, sa mga
kabundukan at sa mga libingan, siya ay palaging sumisigaw at
sinusugatan niya ng bato ang kaniyang sarili.

6 Subalit pagkakita niya kay Jesus mula sa malayo, siya ay
tumakbo at sumamba sa kaniya. **7** At nang siya ay sumigaw na
may malakas na tinig, sinabi niya, "Ano ang kinalaman ko sa
iyo, Jesus, Anak ng Kataas-taasang Diyos? Isinasamo ko sa iyo,
alang-alang sa Diyos, huwag mo akong pahirapan."

8 Sapagkat sinabi sa kaniya ni Jesus, "Lumabas ka mula sa
taong iyan, ikaw na karumal-dumal na espiritu!" **9** At tinanong
siya ni Jesus, "Ano ang pangalan mo?"

At siya ay sumagot, "Ang pangalan ko ay Lehiyon♦, sapagkat
kami ay marami." **10** Kaya labis niyang ipinamamanhik sa
kaniya na huwag silang palayasin mula sa lupaing iyon.

11 Doon sa libis ng mga bundok ay may malaking kawan ng
mga baboy na nanginginain. **12** Kaya ipinamanhik sa kaniya
ng lahat ng mga demonyo na sinasabi, "Papuntahin mo kami
sa mga baboy upang sa kanila kami pumasok." **13** At kaagad
silang pinahintulutan ni Jesus. Kaya nang lumabas ang mga
karumal-dumal na espiritu mula sa lalaki, sila ay pumasok sa
mga baboy. At ang kawan, na halos dalawang libo, ay mabilis
na tumakbong palusong sa matarik na bangin patungo sa dagat
at sila ay nalunod sa dagat.

14 Kaya ang mga tagapag-alaga ng mga baboy ay tumakbong
patakas at ipinamalita ito sa lungsod at sa mga nayon, kaya
pumunta roon ang mga tao upang makita kung ano ang
nangyari. **15** At lumapit sila kay Jesus at nakita nila na nakaupo,
nakadamit at nasa wastong pag-iisip ang taong dating inaalihan
ng mga demonyo na siyang nagkaroon ng lehiyon, kaya sila ay
natakot. **16** At isinalaysay sa kanila ng mga nakakita kung ano
ang nangyari sa kaniya na inalihan ng mga demonyo at ang
patungkol sa mga baboy. **17** Kaya nagsimula silang mamanhik
kay Jesus na umalis sa kanilang mga lupain.

18 At nang sumakay na si Jesus sa bangka, ang inalihan ng
mga demonyo ay nagsumamo na makasama siya sa kaniya.

5:7 Mat 8:29; Heb 7:1
5:15 Mat 4:24

19 Ngunit hindi siya pinayagan ni Jesus, sa halip ay sinabi niya
sa kaniya, “Umuwi ka sa iyong bahay, sa iyong mga kaibigan at
ibalita mo sa kanila kung gaano kadakila ang ginawa sa iyo ng
Panginoon at ikaw ay kinahabagan niya.” 20 At siya ay umalis at
nagsimulang maghayag sa Decapolis kung gaano kadakila ang
ginawa ni Jesus sa kaniya, at ang lahat ay namangha.

Ang Babaing Maysakit at ang Batang Babaing Namatay

Mat 9:18-26; Luc 8:41-56

21 At nang si Jesus ay muling tumawid sa kabilang ibayo
na sakay ng isang bangka, nagtipon sa kaniya ang lubhang
napakaraming tao at siya ay nasa tabi ng dagat. 22 At narito,
lumapit ang isa sa mga pinuno ng sinagoga♦ na ang pangalan ay
Jairo at pagkakita niya kay Jesus, nagpatirapa siya sa kaniyang
paanan. 23 At siya ay namanhik nang lubos na nagsasabi,
“Nag-aagaw buhay ang anak kong dalagita. Sumama ka at
ipatong mo ang inyong mga kamay sa kaniya upang siya ay
mapagaling at siya ay mabuhay.” 24 Kaya sumama si Jesus sa
kaniya at sumunod sa kaniya ang lubhang napakaraming tao at
nagsiksikan sila sa kaniya.

5:19 Mat 8:4
5:20 Mat 4:25
5:21 Mat 9:1
5:22 Luc 13:14; Gaw 13:15
5:23 Mat 19:13; Luc 4:40; Gaw 6:6
5:28 Mat 9:20
5:30 Luc 5:17
5:34 Mat 9:22; Gaw 15:33

25 At mayroong isang babae na labindalawang taon nang
dinudugo, 26 at siya ay nahirapang labis sa kamay ng maraming
manggagamot, at kahit nagugol na ang lahat na mayroon siya,
siya ay hindi pa rin napabuti, sa halip, siya ay naging lalong
malubha. 27 Nang narinig niya ang patungkol kay Jesus, siya ay
pumunta mula sa likuran ng napakaraming tao at hinawakan
niya ang kasuotan ni Jesus 28 sapagkat sinabi niya, “Kapag
mahawakan ko ang kaniyang kasuotan, ako ay gagaling.”

29 At kaagad na naampat ang pag-agas ng kaniyang dugo
at nalaman niya sa kaniyang katawan na siya ay gumaling na
mula sa sakit na nagpapahirap sa kaniya. 30 At kaagad ngang
nalaman ni Jesus sa kaniyang sarili na may kapangyarihang
lumabas mula sa kaniya, kaya lumingon siya sa napakaraming
tao, na sinasabi, “Sino ang humawak sa aking mga kasuotan?”

31 Sinabi sa kaniya ng kaniyang mga alagad, “Nakikita mong
sinisiksik ka ng napakaraming tao at sinasabi mo, ‘Sinong
humawak sa akin?’ ”

32 At tumingin siya sa paligid upang makita yaong gumawa
nito. 33 Kaya lumapit ang babae na natatakot at nanginginig
dahil alam na niya ang nangyari sa kaniya, at nagpatirapa
sa harap ni Jesus at sinabi sa kaniya ang buong katotohanan.
34 Kaya sinabi ni Jesus, “Anak, ang iyong pananampalataya ang
nagpagaling sa iyo. Humayo kang may kapayapaan at gumaling
ka mula sa sakit na nagpapahirap sa iyo.”

35 Habang nagsasalita si Jesus, may mga taong dumating

mula sa bahay ng pinuno ng sinagoga na sinasabi, “Ang
anak mong babae ay namatay na. Bakit inaabala mo pa
ang Guro?” 36 Ngunit nang narinig ni Jesus ang salitang
ito, kaagad niyang sinabi sa pinuno ng sinagoga, “Huwag
kang matakot, sumampalataya ka lang.” 37 At hindi niya
pinayagang sumunod sa kaniya ang sinuman maliban kina
Pedro, Santiago at Juan na kapatid ni Santiago. 38 At siya
ay dumating sa bahay ng pinuno ng sinagoga at nakita niya
ang kaguluhan at ang mga taong tumatangis at labis na
nananaghoy. 39 At nang nakapasok siya, sinabi niya sa kanila,
“Bakit kayo nagkakagulo at tumatangis? Ang bata ay hindi
patay kundi natutulog.”

40 At si Jesus ay kanilang pinagtawanan na may
pangungutya. Ngunit nang napalabas na niya ang lahat,
isinama niya ang ama at ina ng bata at ang mga kasama niya
at siya ay pumasok kung saan nakahiga ang bata. 41 Habang
hawak niya ang kamay ng bata, sinabi sa kaniya, “Talitha
kumi,” na ang kahulugan ay, “Dalagita, sinasabi ko sa iyo,
bumangon ka.” 42 At bumangon kaagad ang dalagita. Siya
ay labindalawang taong gulang na. Lubhang namagha and
mga tao. 43 Kaya mahigpit niyang ipinagbilin sa kanila na ito
ay hindi dapat malaman ng kahit sino at sinabi rin niya na
bigyan ang dalagita ng makakain.

Ang Karangalan ng Isang Propeta

Mat 13:54-58

6 Si Jesus ay umalis doon at nagtungo sa kaniyang sariling
bayan at sumunod sa kaniya ang kaniyang mga alagad.
2 At nang sumapit ang Sabat, nagsimula siyang magturo sa
sinagoga at ang karamihan sa mga nakikinig ay nanggilalas
na sinasabi, “Saan kinuha ng taong ito ang ganitong mga
bagay? At ano itong karunungan na ibinigay sa kaniya,
na kahit ang ganitong mga makapangyarihang gawa ay
nagagawa ng mga kamay niya? 3 Hindi ba ito ang karpintero,
ang anak ni Maria at kapatid nina Santiago, Jose, Judas
at Simon? Hindi ba kasama natin dito ang kaniyang mga
kapatid na babae?” At sila ay natisod sa kaniya.

4 Subalit sinabi sa kanila ni Jesus, “Ang propeta ay
may karangalan maliban sa kaniyang sariling bayan, sa
sarili niyang kamag-anak at sa sarili niyang sambahayan.”
5 At si Jesus ay hindi makagawa roon ng anumang
makapangyarihang gawa maliban sa pagpatong ng kaniyang
mga kamay sa ilang maysakit at sila ay pinagaling. 6 At
namangha siya dahil sa kanilang hindi pagsampalataya kaya
siya ay pumunta sa palibot na mga nayon at nagturo roon.

5:37 Mat 4:21
5:39 Mat 9:24
5:41 Luc 7:14
5:43 Mat 8:4
6:1 Mat 2:23
6:2 Mat 4:23
6:3 Mat 12:46; Jua 6:61
6:4 Luc 4:24; Jua 4:44
6:6 Mat 9:35; Luc 13:22

Isinugo ni Jesus ang Labindalawa

Mat 10:1-42; Luc 9:1-6

7 Tinawag niya ang labindalawang alagad at sinimulan
niya silang isugo nang dala-dalawa at binigyan sila ng
kapangyarihan laban sa mga karumal-dumal na espiritu. **8** At
sila ay pinagbilinan niya na huwag magdala ng anuman sa
paglalakbay maliban lamang sa tungkod, walang supot, walang
tinapay, walang salapi sa pamigkis **9** maliban sa nakasuot nilang
mga pangyapak at huwag magsuot ng dalawang tunika♦.

10 At sinabi niya sa kanila, "Kapag pumasok kayo saan mang
bahay, manatili kayo roon hanggang sa kayo ay makaalis.
11 Ang sinumang hindi tatanggap o makikinig sa inyo, sa pag-
alis ninyo roon, ipagpag ninyo ang alikabok ng inyong mga
talampakan bilang patotoo♦ sa kanila. Katotohanang sinasabi
ko sa inyo, lalo pang madaling tiisin ang parusa sa Sodoma at
Gomora kaysa sa lungsod na iyon sa araw ng paghuhukom."

12 At sa kanilang paghayo, ipinangaral nila sa mga tao na
dapat silang magsisi, **13** at sila ay nagpapalayas ng maraming
demonyo at pinapahiran nila ng langis ang maraming maysakit
at sila ay pinapagaling.

6:7 Mat 10:1; Luc 10:1
6:11 Mat 10:14
6:12 Luc 9:6
6:13 San 5:14
6:14 Mat 3:1
6:15 Mat 16:14; 21:11
6:17 Mat 4:12; Luc 3:19-20
6:20 Mat 11:9

Pinugutan si Juan na Tagapagbawtismo

Mat 14:1-14

14 Narinig ni Haring Herodes ang patungkol kay Jesus
sapagkat naging tanyag na ang kaniyang pangalan, kaya sinabi
niya, "Si Juan na tagapagbawtismo ay ibinangon mula sa
mga patay at dahil dito, ang mga makapangyarihang gawa ay
gumagana sa kaniya."

15 Ang iba ay nagsasabi, "Siya ay si Elias."

Sinasabi naman ng iba, "Siya ay propeta o katulad ng isa sa
mga propeta."

16 Ngunit nang narinig ito ni Herodes, sinabi niya, "Ang
taong ito ay si Juan, na pinugutan ko ng ulo, siya ay ibinangon
mula sa mga patay." **17** Dahil mismong si Herodes ang nagsugo
at dumakip kay Juan at gumapos sa kaniya sa bilangguan
alang-alang kay Herodias, na kaniyang pinakasalan, na asawa
ng kaniyang kapatid na si Felipe. **18** Sapagkat sinabi ni Juan kay
Herodes, "Hindi ipinahihintulot sa Kautusan na kunin mo ang
asawa ng iyong kapatid."

19 Kaya si Herodias ay nagkikimkim ng galit kay Juan at
kaniyang hinahangad na siya ay patayin ngunit hindi niya ito
makakaya **20** sapagkat natatakot si Herodes kay Juan. Dahil
nalalaman niyang si Juan ay matuwid at banal na tao kaya siya
ay binabantayan niya, at dahil nakinig siya kay Juan, maraming
bagay siyang ginagawa at natutuwa siyang nakikinig sa kaniya.

21 At pagdating ng pagkakataon, nang si Herodes ay
naghanda ng hapunan sa kaniyang kaarawan para sa
kaniyang matataas na opisyal, mga pinunong kapitan♦ at
mga pangunahing mamamayan ng Galilea, 22 nang ang anak
na babae ni Herodias ay pumasok at sumayaw, nasiyahan si
Herodes at ang mga nakaupong kasama niya sa hapag-kainan.
Kaya sinabi ng hari sa dalagita, "Hilingin mo sa akin ang
anumang naisin mo at ibibigay ko sa iyo." 23 At nanumpa siya sa
dalagita, "Ibibigay ko ang anumang hilingin mo kahit kalahati
ng aking kaharian."
24 Kaya nang lumabas ang dalagita, tinanong niya ang
kaniyang ina, "Ano ang hihilingin ko?"
At sinabi ng ina, "Ang ulo ni Juan na tagapagbawtismo."
25 At kaagad pumasok na may pagmamadali ang dalagita
sa kinaroroonan ng hari at humiling na nagsasabi, "Ibig
kong maibigay mo kaagad sa akin ang ulo ni Juan na
tagapagbawtismo na nakalagay sa bandehado."
26 Kaya ang hari ay lubhang nagdalamhati, ngunit dahil sa
kaniyang mga pinanumpaang pangako at sa mga panauhin, siya
ay hindi niya matanggihan. 27 At isinugo kaagad ng hari ang
kaniyang pansariling tagapugot at inutusan na dalhin sa kaniya
ang ulo ni Juan. Kaya pagkaalis niya, pinugutan niya ng ulo si
Juan doon sa bilangguan 28 at dinala ang kaniyang ulo na nasa
bandehado at ibinigay ito sa dalagita at ibinigay naman ito ng
dalagita sa kaniyang ina. 29 Nang narinig ito ng kaniyang mga
alagad, pumunta sila roon at kinuha ang kaniyang bangkay at
inilagak nila ito sa libingan.

6:21
Luc 3:1
6:30
Mat 10:2;
Luc 9:10;
Gaw
1:2,26
6:34
Mat 9:36

Pinakain ni Jesus ang Limang Libo

Mat 14:12-21; Luc 9:10-17; Jua 6:1-14

30 At ang mga apostol ay sama-samang nagtipon kay Jesus at
ibinalita sa kaniya ang lahat ng kanilang mga ginawa at lahat ng
kanilang mga itinuro. 31 At sinabi ni Jesus sa kanila, "Halikayo!
Kayo lamang, patungo sa isang ilang na dako at magpahinga
kayo sandali" dahil sila na dumarating at sila na umaalis ay
marami at wala na silang pagkakataong kumain. 32 Kaya sila
lamang ang umalis na nakasakay sa bangka patungo sa ilang na
dako.
33 At nakita ng napakaraming tao ang kanilang pag-alis
at marami ang nakakilala kay Jesus, at sama-sama silang
tumakbo mula sa lahat ng mga lungsod patungo roon at sila
ay naunang dumating kaysa sa kanila at sama-samang lumapit
kay Jesus. 34 At pagkalunsad ni Jesus, nakita niya ang lubhang
napakaraming tao at siya ay nahabag sa kanila sapagkat sila
ay katulad ng mga tupang walang pastol, at sila ay sinimulan

niyang turuan ng maraming bagay. **35**At pagkalipas ng
maraming oras, lumapit kay Jesus ang kaniyang mga alagad
at kanilang sinabi, "Ito ay ilang na dako at lumipas na ang
maraming oras. **36**Paalisin mo na sila upang sa kanilang
pagpunta sa mga karatig pook at sa mga nayon ay makabili ng
mga tinapay para sa kanilang sarili sapagkat sila ay walang
anumang makakain."

37Subalit siya ay sumagot sa kanila na sinabi, "Bigyan ninyo
sila ng makakain."

At sinabi nila sa kaniya, "Aalis ba kami upang makabili ng
halagang dalawandaang denaryong° tinapay upang mabigyan
sila ng makakain?"

38Ngunit sinabi niya sa kanila, "Ilang tinapay ang mayroon
kayo? Umalis kayo at tingnan ninyo."

Nang nalaman nila ay kanilang sinabi, "Limang tinapay at
dalawang isda."

39At sila ay inutusan niya upang paupuin silang lahat nang
pangkat-pangkat sa luntiang damo. **40**Kaya sila ay umupo nang
ayon sa mga hanay ng isandaan at hanay ng limampu. **41**Nang
nakuha niya ang limang tinapay at dalawang isda, tumingala
siya sa langit at pinagpala at pinagputul-putol ang mga tinapay
at ibinigay sa kaniyang mga alagad upang maipamahagi sa
kanila, at ang dalawang isda ay ipinamahagi niya sa lahat,
42at silang lahat ay kumain at nabusog. **43**Kanilang pinulot
ang mga pira-piraso ng tinapay at ng mga isda at napuno ang
labindalawang bakol. **44**At ang mga kumain ng mga tinapay ay
halos limang libong lalaki.

6:38 Mat 15:34
6:41 Mat 14:19
6:45 Mat 11:21
6:46 Luc 3:21

Lumakad si Jesus sa Ibabaw ng Tubig

Mat 14:22-33; Jua 6:15-21

45At inutusan kaagad ni Jesus ang kaniyang mga alagad
na sumakay sa bangka at upang mauna sa kabilang ibayo
patungong Betsaida hanggang sa mapauwi niya ang
napakaraming tao. **46**At nang sila ay napaluwas niya, siya ay
umahon sa bundok upang manalangin. **47**At pagsapit ng gabi,
ang bangka ay nasa gitna ng dagat, ngunit si Jesus ay nag-iisa
sa lupa. **48**At nakita niyang nahihirapan sila sa pagsagwan
sapagkat pasalungat ang hangin sa kanila. Nang malapit na ang
ikaapat na pagbabantay sa gabi*, pumunta sa kanila si Jesus
na naglalakad sa ibabaw ng dagat at ibig niyang lagpasan sila.

* **6:48** *ikaapat na pagbabantay sa gabi*: May tatlong oras ang bawat pagbabantay sa gabi. Ang unang pagbabantay ay mula sa ikaanim ng gabi hanggang ikasiyam ng gabi, ang ikalawang pagbabantay ay mula sa ikasiyam ng gabi hanggang sa hatinggabi, ang ikatlong pagbabantay ay mula sa hatinggabi hanggang sa ikatatlo ng madaling-araw, at ang ikaapat na pagbabantay ay mula sa ikatatlo ng madaling-araw hanggang sa ikaanim ng umaga.

49 Subalit pagkakita nila sa kaniya na naglalakad sa ibabaw
ng dagat ay inakala nilang ito ay multo at sila ay sumigaw
50 sapagkat siya ay nakita nilang lahat at sila ay nabalisa.
Subalit kaagad siyang nagsalita sa kanila at sinabi sa kanila,
"Lakasan ninyo ang inyong loob. Ako ito, huwag kayong
matakot." 51 Siya ay sumakay sa kanilang bangka kaya humupa
ang hangin at labis-labis silang nanggilalas at namangha
52 sapagkat hindi nila naunawaan ang patungkol sa mga tinapay
dahil tumigas na ang kanilang puso.

53 At nang sila ay nakatawid na, dumating sila sa lupain ng
Genesaret at dumaong sa dalampasigan. 54 Nang nakababa sila
mula sa bangka, si Jesus ay nakilala kaagad ng mga tao. 55 Sila
ay tumakbo sa palibot ng buong lupaing iyon at sinimulan
nilang dalhin ang mga mayroong sakit na nakaratay sa higaan,
saan man nila nababalitaan na naroroon siya. 56 At saan man
siya pumapasok, sa mga nayon, sa mga lungsod o sa mga
karatig pook man, inilalagay nila sa mga pamilihan ang mga
maysakit at ipinamamanhik nila sa kaniya na kung maari ay
mahawakan nila ang laylayan ng kaniyang kasuotan at ang
sinumang nakakahawak nito ay napapagaling.

6:49
Luc 24:37
6:50
Mat 14:27
6:53
Jua
6:24-25
6:56
Mat 9:20
7:2
Gaw 10:14
7:3
Luc 11:38
7:4
Mat 23:25;
Luc 11:39
7:5
Gal 1:14;
Col 2:8

Ang Malinis at ang Marumi

Mat 15:1-20

7 Sama-samang nagkatipon patungo kay Jesus ang mga
Fariseo at ang ilan sa mga eskriba na nagmula sa
Jerusalem. 2 Nang nakita nila ang ilan sa mga alagad ni Jesus
na kumakain ng mga tinapay na may maruming mga kamay,
ito ay ang hindi paghuhugas, sila ay kanilang pinulaan 3
sapagkat ang mga Fariseo at ang lahat ng mga Judio ay hindi
kumakain maliban na sila ay makapaghugas ng kanilang mga
kamay nang maigi, dahil pinanghahawakan nila ang kaugalian
ng matatanda. 4 Kapag sila ay galing sa pamilihan, hindi sila
kumakain maliban na sila mismo ay makapaghugas. Marami
pang ibang mga bagay ang kanilang tinanggap katulad ng
paghugas ng saro, ng pitsel°, ng mga kagamitang tanso at ng
mga higaan.

5 Kaya tinanong siya ng mga Fariseo at ng mga eskriba,
"Bakit hindi lumalakad ang iyong mga alagad ayon sa
kaugalian ng matatanda, ngunit kumakain sila ng tinapay na
hindi naghugas ng mga kamay?"

6 Subalit sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, "Tama ang
ipinahayag ni Isaias patungkol sa inyo, mga mapagpaimbabaw.
Ayon sa nasusulat, 'Iginagalang ako ng mga taong ito sa
pamamagitan ng kanilang mga labi, ngunit ang kanilang mga
puso ay malayo sa akin 7 at sinasamba nila ako nang walang

kabuluhan sa pagtuturo bilang katuruan ang mga kautusan ng
mga tao.'

Isa 29:13

8 Sapagkat iniwanan ninyo ang kautusan ng Diyos at inyong
pinanghawakan ang mga kaugalian ng mga tao katulad ng
paghuhugas ng mga pitsel at mga saro, at marami pang ibang
mga bagay na ganito ang ginagawa ninyo."
9 At sinabi niya sa kanila, "Tama, ipinawalang-bisa ninyo
ang utos ng Diyos upang masunod ninyo ang inyong kaugalian,
10 sapagkat sinabi ni Moises,
'Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina'

Exo 20:12; Deu 5:16

at
'ang lumalapastangan sa kaniyang ama o ina, dapat siyang
tapusin sa kamatayan.'

Exo 21:17; Lev 20:9

11 Subalit sinasabi ninyo, 'Kapag ang isang tao ay magsabi
sa kaniyang ama o sa kaniyang ina, "Ang anumang mula sa
akin na kapaki-pakinabang sa inyo, ito ay Corban" ' (na ang
ibig sabihin ay handog sa Diyos) **12** kaya pinahihintulutan ninyo
siya na hindi na gumawa ng anumang bagay para sa kaniyang
ama at kaniyang ina, **13** na winawalang kabuluhan ninyo ang
salita ng Diyos sa pamamagitan ng inyong kaugalian na inyong
ibinigay, at marami pang bagay na katulad nito ang ginagawa
ninyo."
14 At pagkatawag ni Jesus sa napakaraming tao upang
lumapit sa kaniya, sinabi niya sa kanila, "Makinig kayong lahat
sa akin at unawain ninyo. **15** Walang anumang nasa labas ng
tao na pumapasok sa kaniya ang makapagpaparumi sa kaniya
kundi ang mga bagay na lumalabas sa kaniya, ang mga iyon
ang nagpaparumi sa tao. **16** Ang sinumang may tainga upang
makinig, hayaan siyang makinig."
17 At nang nakapasok siya sa bahay mula sa napakaraming
tao, tinatanong siya ng kaniyang mga alagad patungkol sa
talinghaga. **18** At sinabi niya sa kanila, "Kayo rin ba ay walang
gayong pang-unawa? Hindi ba ninyo nauunawaan na ang
anumang bagay na ipinapasok sa tao mula sa labas ay hindi
nagpaparumi sa kaniya, **19** sapagkat hindi ito pumapasok sa
kaniyang puso kundi sa tiyan, at ito ay idinudumi sa palikuran,
sa ganito ay nililinis ang lahat ng mga pagkain?" **20** Kaya
sinabi niya, "Ang lumalabas sa tao, iyon ang nagpaparumi
sa tao **21** sapagkat sa loob, mula sa puso ng mga tao,
nagmumula ang masasamang kaisipan, mga pangangalunya,
mga pakikiapid, mga pagpatay, **22** mga pagnanakaw, mga
kasakiman, mga kasamaan, pandaraya, kahalayan, matang

7:11 Mat 23:16,18
7:13 Heb 4:12
7:19 Gaw 10:15; Rom 14:1-12; Col 2:16; 1Ti 4:3-5
7:22 Mat 20:15

masama, paglapastangan, kayabangan at kahangalan. 23 Ang
lahat na masasamang bagay na lumalabas mula sa loob ang
nagpaparumi sa tao."

Ang Babaing Taga-Sirofenicia

Mat 15:21-28

24 Pagkatayo ni Jesus, siya ay pumunta mula roon patungo sa
mga hangganan ng Tiro at Sidon. At pagkapasok niya sa bahay,
ayaw niyang malaman ng sinuman na naroroon siya, ngunit
hindi siya makapagtago 25 sapagkat nang narinig ng babae, na
may anak na batang babae na inaalihan ng karumal-dumal na
espiritu, na naroroon si Jesus, siya ay pumunta at nagpatirapa
sa kaniyang paanan. 26 At hinihiling niya kay Jesus na palabasin
ang demonyo mula sa kaniyang anak na babae, ngunit ang
babae ay isang Griyego sa lahi ng taga-Sirofenicia. 27 Subalit
sinabi ni Jesus sa kaniya, "Hayaan mong unang mabusog ang
mga anak, sapagkat hindi mabuti na kunin ang tinapay ng mga
anak at itapon sa mga aso."

28 Ngunit siya ay sumagot at sinabi kay Jesus, "Totoo,
Panginoon! Sapagkat kahit ang mga anak ng aso na nasa ilalim
ng hapag-kainan ay kumakain ng mga mumong nahuhulog
mula sa mga anak."

29 At sinabi ni Jesus sa kaniya, "Dahil sa salitang ito,
lumakad ka na, lumabas na ang demonyo sa iyong anak."

30 Pagdating niya sa kaniyang bahay, natagpuan niya na
nakalabas na ang demonyo, at ang kaniyang anak na babae ay
nakahiga na sa higaan.

Ang Pagpapagaling sa Lalaking Bingi at Pipi

31 At pagkaalis ni Jesus mula sa mga hangganan ng Tiro at
Sidon, siya ay muling pumunta patungo sa dagat ng Galilea,
na dumaan sa gitna ng mga hangganan ng Decapolis. 32 At
kanilang dinala kay Jesus ang lalaking bingi na nahihirapang
magsalita at sila ay nagsumamo sa kaniya na maipatong niya
sa lalaking ito ang kaniyang kamay. 33 At nang nailayo siya
nang bukod mula sa napakaraming tao, inilagay ni Jesus ang
kaniyang mga daliri sa mga tainga ng lalaki, at pagkatapos
dumura ni Jesus, hinawakan niya ang dila ng lalaki. 34 Nang
siya ay tumingala sa langit, siya ay dumaing at sinabi sa lalaki,
"Efata" na ang ibig sabihin ay "Bumukas ka."

35 At ang mga tainga ng lalaki ay nabuksan kaagad at
nakalag ang pumipigil sa kaniyang dila at nagsasalita na
siya nang matuwid. 36 Kaya binilinan sila ni Jesus na hindi
nila ito dapat sabihin kaninuman. Ngunit habang sila ay
pinagbabawalan, lalo naman nila itong ipinamamalita. 37 At

7:24 Mat 11:21
7:25 Mat 4:24
7:31 Mat 11:21
7:32 Mat 9:32; Luc 11:14
7:34 Jua 11:41
7:36 Mat 8:4

sila ay lubhang nanggigilalas na sinasabi, “Mabuti ang lahat ng kaniyang ginawa. Ginagawa niyang ang mga bingi ay makarinig at ang mga pipi ay makapagsalita.”

Pinakain ni Jesus ang Apat na Libong Tao

Mat 15:32-39

8 Nang mga araw na iyon, ang mga tao ay lubhang napakarami at wala silang anumang makain, kaya tinawag ni Jesus na lumapit sa kaniya ang kaniyang mga alagad na sinasabi sa kanila, **2** “Ako ay nahahabag sa napakaraming tao sapagkat tatlong araw na silang nanatiling kasama ko at wala silang anumang makain, **3** at kung pauwiin ko sila sa kanilang tirahan na hindi pa nakakakain, manlulupaypay sila sa daan sapagkat malayo pa ang pinanggalingan ng ilan sa kanila.”

4 At sumagot sa kaniya ang kaniyang mga alagad, “Saan makakakuha ng tinapay ang sinuman upang mabusog ang mga taong ito na nasa ilang na dako?”

5 Kaya tinanong niya sila, “Ilang tinapay ang mayroon kayo?”

At sumagot sila, “Pito.”

8:2 Mat 9:36
8:7 Mat 14:19
8:11 Mat 12:38

6 At iniutos niya sa napakaraming tao na umupo sa lupa. At nang nakuha niya ang pitong tinapay at nakapagpasalamat, pinagpira-piraso niya ang mga ito at ibinigay niya sa kaniyang mga alagad upang maipamahagi. At ibinahagi nila ang mga ito sa napakaraming tao. **7** At sila ay mayroong ilang maliliit na isda. At nang kaniyang napagpala ang mga ito, kaniyang sinabi na ipamahagi rin sa kanila. **8** Kaya sila ay kumain at nabusog. At kanilang pinulot ang lumabis na pira-pirasong tinapay at nakapuno sila ng pitong kaing. **9** At ang mga nakakain ay halos apat na libo. Pagkatapos nito, sila ay pinauwi ni Jesus. **10** At nang siya ay sumakay sa bangka kasama ng kaniyang mga alagad, nagtungo siya kaagad sa mga baybayin ng Dalmanuta.

Hinanapan si Jesus ng Tanda

Mat 16:1-4

11 At lumabas ang mga Fariseo at nagsimula silang magtanong sa kaniya, na hinahanapan siya ng tanda mula sa langit upang subukin siya. **12** At sa kaniyang malalim na pagdaing sa kaniyang espiritu ay sinasabi niya, “Bakit masikap na naghahanap ng tanda ang lahing ito? Katotohanang sinasabi ko sa inyo, walang ibibigay na tanda sa lahing ito.”

13 At pagkaiwan niya sa kanila at pagkasakay niyang muli sa bangka, siya ay tumawid sa kabilang ibayo.

Ang Pampaalsa ng mga Fariseo at ni Herodes

14 At nakalimutan ng mga alagad na magdala ng tinapay
at wala silang dalang tinapay sa bangka maliban sa isa. **15** At
pinagbibilinan sila ni Jesus na sinasabi, "Masdan ninyo, mag-
ingat kayo sa pampaalsa ng mga Fariseo at sa pampaalsa ni
Herodes."

16 At sila ay nagbigay-katuwiran sa isa't isa na sinasabi, "Ito
ay dahil wala tayong tinapay."

17 At nang nalaman ito ni Jesus ay sinabi niya sa kanila,
"Bakit kayo nagbigay-katuwiran na wala kayong tinapay?
Hindi ba ninyo nalalaman, ni hindi nauunawaan? Pinatigas pa
rin ba ang inyong puso? **18** Mayroon kayong mga mata, hindi ba
ninyo nakikita? Mayroon kayong mga tainga, hindi ba ninyo
naririnig? Hindi ba ninyo naaalala? **19** Nang pinagputul-putol ko
ang limang tinapay para sa limang libo, ilang bakol na puno ng
mga pira-pirasong tinapay ang inipon ninyo?"

Sinabi nila sa kaniya, "Labindalawa."

20 "At nang pinagputul-putol ko ang pitong tinapay para sa
apat na libo, ilang kaing ang napuno ng mga pira-pirasong
tinapay ang inipon ninyo?"

Sinabi nila, "Pito."

21 At sinabi niya sa kanila, "Paanong ito ay hindi ninyo
nauunawaan?"

Pinagaling ang Lalaking Bulag

22 At siya ay pumunta sa Betsaida at kanilang dinala sa
kaniya ang lalaking bulag at sila ay nagsumamo kay Jesus na
mahawakan siya. **23** Kaya nang hinawakan ni Jesus sa kamay
ang lalaking bulag, siya ay inakay niyang palabas sa nayon. At
nang dinuraan niya ang mga mata ng lalaki at ipinatong ang
kaniyang mga kamay sa lalaki, siya ay tinanong ni Jesus kung
may nakikita siyang anuman.

24 At nang siya ay tumingin, kaniyang sinabi, "Ako ay
nakakakita ng mga tao na parang mga punongkahoy na
naglalakad."

25 Pagkatapos niyaon, muling ipinatong ni Jesus ang
kaniyang mga kamay sa mga mata ng bulag at muli siyang
pinatingin at napanumbalik ang kaniyang paningin at malinaw
niyang nakita ang lahat. **26** At pinauwi siya ni Jesus sa kaniyang
bahay na sinasabi, "Huwag kang papasok sa nayon, ni huwag
mo itong sasabihin sa kaninumang nasa nayon."

Ang Pahayag Patungkol kay Cristo

Mat 16:13-16; Luc 9:18-21

27 Si Jesus at ang kaniyang mga alagad ay umalis patungo

8:15
Mat 14:1;
Luc 12:1;
1Co 5:6-8
8:19
Mat 14:20;
Luc 9:17;
Jua 6:13
8:20
Mat 15:37
8:22
Mat 11:21;
Jua 9:1

sa mga nayon ng Cesarea sa Filipos at habang sila ay nasa
daan, tinanong sila ni Jesus na sinasabi, “Sino raw ako,
ayon sa sinasabi ng mga tao?”
28 At sila ay sumagot, “Si Juan na tagapagbawtismo,
at ang sabi ng iba, si Elias, ngunit ang sabi ng iba, isa sa
mga propeta.”
29 At sinabi niya sa kanila, “Ngunit ayon sa inyo, sino
naman ako?”
Sumagot si Pedro at sinabi sa kaniya, “Ikaw ang
Cristo.”
30 At sila ay pinagbawalan ni Jesus na huwag nilang
masabi sa kaninuman ang patungkol sa kaniya.

Ipinahayag ni Jesus ang Kaniyang Kamatayan

Mat 16:21-28; Luc 9:22-27

31 At siya ay nagsimula sa pagtuturo sa kanila na ang
Anak ng Tao ay kinakailangang magdanas ng matinding
pagdurusa, at tatanggihan ng matatanda at ng mga punong
saserdote at ng mga eskriba, at ipapapatay at muling
mabubuhay pagkalipas ng tatlong araw. 32 At ang salitang
ito ay hayagang sinabi ni Jesus sa kanila. Kaya isinama
siya ni Pedro sa isang tabi at sinimulan siyang sawayin.
33 Ngunit nang lumingon at nakita ni Jesus ang kaniyang
mga alagad, sinaway niya si Pedro na sinasabi, “Pumunta
ka sa likuran ko, Satanas! Sapagkat hindi mo iniisip ang
mga bagay na para sa Diyos kundi ang mga bagay na para
sa mga tao.”

8:28 Mat 3:1
8:29 Jua 6:69
8:30 Mat 8:4; Luc 9:21
8:31 Mat 8:20; 16:21; Gaw 2:23
8:32 Jua 18:20
8:33 Mat 4:10
8:34 Mat 10:38; Luc 14:27
8:35 Jua 12:25
8:38 Mat 8:20; Luc 12:9; 1Te 2:19

Tanggihan ang Sarili at Sumunod sa Akin

34 At nang tinawag ni Jesus upang lumapit sa kaniya
ang napakaraming tao, kasama ang kaniyang mga alagad,
sinabi niya sa kanila, “Ang sinumang ibig na ako ay
sundan, tanggihan niya ang kaniyang sarili, pasanin niya
ang kaniyang krus at sumunod siya sa akin 35 sapagkat ang
sinumang magnanais na ingatan ang kaniyang buhay ay
mawawala ito, ngunit ang sinuman na ang kaniyang buhay
ay mawawala alang-alang sa akin at sa ebanghelyo ay
maiingatan ito. 36 Sapagkat ano ang mapapakinabangan ng
tao kung makamtan man niya ang buong sanlibutan ngunit
mapahamak ang kaniyang kaluluwa? 37 O ano ang ibibigay
ng tao bilang kapalit ng kaniyang kaluluwa? 38 Sapagkat
kapag ikakahiya ako at ang aking mga salita ng sinuman
sa mapangalunya at makasalanang lahing ito, ikakahiya
rin siya ng Anak ng Tao pagdating niya sa kaluwalhatian
ng kaniyang Ama na kasama ng mga banal na anghel.”

Ang Pagbabagong-anyo ni Jesus

Mat 17:1-13; Luc 9:28-36

9 At sinabi ni Jesus sa kanila, “Katotohanang sinasabi ko sa
inyo na may ilan sa mga nakatayo rito na hinding-hindi
makakaranas ng kamatayan hanggang sa kanilang makita na
ang kaharian ng Diyos ay dumating na may kapangyarihan.”

2 At pagkaraan ng anim na araw, isinama ni Jesus sina Pedro,
Santiago at Juan. Sila ay dinala niyang bukod sa mataas na
bundok, na sila lang ang naroroon, at siya ay nagbagong-anyo
sa harap nila. **3** At ang kaniyang kasuotan ay naging makinang,
napakaputing kagaya ng niyebe, na walang tagapagpaputi ng
damit sa lupa ang makakapagpaputi ng gayon. **4** Nagpakita sa
kanila roon si Elias kasama si Moises at sila ay nakikipag-usap
kay Jesus. **5** At si Pedro ay sumagot na sinabi kay Jesus, “Rabbi[♦],
mabuti na kami ay naparito at makakagawa kami ng tatlong
kubol: isa sa iyo, isa kay Moises at isa kay Elias.” **6** Sapagkat
hindi niya alam ang kaniyang sasabihin dahil sila ay takot na
takot.

7 At nagkaroon ng ulap upang liliman sila at mayroong tinig
mula sa ulap na nagsasabi, “Ito ang pinakamamahal kong
Anak. Pakinggan ninyo siya!” **8** At kaagad, nang tumingin sila
sa paligid, wala na silang nakitang sinuman kundi si Jesus na
lamang na kasama nila.

9 Habang sila ay bumababa mula sa bundok, pinagbilinan
sila ni Jesus na huwag nilang masabi kaninuman ang kanilang
nakita hanggang sa mabuhay mula sa mga patay ang Anak ng
Tao. **10** Kaya iningatan nila sa kanilang sarili ang salitang ito
at nagtatanungan sila sa isa't isa kung ano ang ibig sabihin ng
pagkabuhay mula sa mga patay.

11 At siya ay tinanong nila, “Bakit sinasabi ng mga eskriba na
si Elias ay kinakailangan munang dumating?”

12 Kaya sumagot si Jesus na sinabi sa kanila, “Tunay na
darating muna si Elias, at kaniyang papanumbalikin ang lahat
ng mga bagay, at paano ang nasusulat patungkol sa Anak ng
Tao na siya ay magdadanas ng matinding paghihirap at siya
ay hahamakin? **13** Subalit sinasabi ko sa inyo na si Elias ay
dumating na nga at ginawa sa kaniya ang anumang ibig nila
ayon sa nasusulat patungkol sa kaniya.”

Pinagaling ni Jesus ang Bata

Mat 17:14-21; Luc 9:37-43

14 At nang siya ay lumapit sa kaniyang mga alagad, nakita
niya ang lubhang napakaraming tao na nakapalibot sa kanila,
at ang mga eskriba ay nagtatanong sa kanila. **15** At kaagad,
nang nakita siya ng lahat ng napakaraming tao, sila ay labis na

9:1 Mat 24:30; Luc 22:18
9:2 Mat 4:21
9:3 Mat 28:3
9:5 Mat 23:7
9:7 Mat 3:17
9:9 Mat 8:20
9:12 Mat 8:20; Luc 23:11
9:13 Mat 11:14

namangha at sa kanilang pagtakbo papalapit sa kaniya, siya ay
binati nila. 16 At tinanong niya ang mga eskriba, “Ano ang mga
itinatanong ninyo sa kanila?”
17 At sumagot ang isa mula sa napakaraming tao na sinabi,
“Guro, dinala ko sa iyo ang aking anak na may piping espiritu.
18 At kahit saan siya masunggaban nito, siya ay ibinabalibag
nito, at bumubula ang kaniyang bibig at nagngangalit ang
kaniyang mga ngipin at siya ay nanunuyot. At nagsabi ako sa
iyong mga alagad na palayasin nila ang espiritu ngunit wala
silang kakayahan.”
19 Ngunit nang sumagot si Jesus sa kaniya ay kaniyang
sinabi, “O lahing walang pananampalataya, hanggang kailan
ako mananatiling kasama ninyo? Hanggang kailan ako magtitiis
sa inyo? Dalhin ninyo siya sa akin.” 20 At siya ay dinala nila kay
Jesus at pagkakita kay Jesus, kaagad na pinangisay ng espiritu
ang bata at pagbagsak niya sa lupa siya ay pagulung-gulong na
bumubula ang bibig.
21 At tinanong ni Jesus ang ama ng bata, “Kailan pa nangyari
sa kaniya ang ganito?”
At sinabi ng ama, “Mula pa sa pagkabata. 22 At madalas
siyang itapon sa apoy at sa tubig upang siya ay maipahamak,
ngunit kung sa anumang paraan ay may magagawa ka,
9:23 tulungan mo kami kaagad at mahabag ka sa amin.”
Mat 21:21;
Jua 11:40
23 Kaya sinabi ni Jesus sa kaniya, “Kung magagawa mong
sumampalataya, ang lahat ay maaaring mangyari sa kaniya na
sumasampalataya.”
24 At kaagad sumigaw na may luha ang ama ng bata, na
sinasabi, “Sumasampalataya ako, Panginoon, tulungan mo ako
sa kawalan ko ng pananampalataya.”
25 Ngunit nang nakita ni Jesus na patakbong dumarating
na magkakasama ang napakaraming tao, sinaway niya ang
karumal-dumal na espiritu. Sinabi niya, “Espiritu ng pipi
at bingi, iniuutos ko sa iyo na lumabas ka mula sa kaniya at
kailanman ay huwag ka nang papasok sa kaniya.” 26 At nang
sumigaw ang espiritu at lubhang pinangisay ang bata, siya ay
lumabas. At ang bata ay nagmistulang patay kaya marami ang
nagsabi, “Siya ay namatay na.” 27 At nang hinawakan siya ni
Jesus sa kamay, siya ay ibinangon niya, at ang bata ay tumayo.
28 At pagkapasok ni Jesus sa bahay, ang kaniyang mga alagad
ay nagtanong sa kaniya nang siya ay nag-iisa, “Bakit hindi
namin siya mapalabas?”
29 At sinabi niya sa kanila, “Ang ganitong uri ay hindi
makakayang palabasin maliban sa pananalangin at
pag-aayuno.”
30 At sa kanilang pag-alis mula roon, dumaan sila sa Galilea

at hindi ibig ni Jesus na ito ay malaman ng sinuman **31** sapagkat
tinuruan niya ang kaniyang mga alagad at sinabi niya sa kanila,
"Ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo sa mga kamay ng mga tao
at siya ay papatayin nila at sa kaniyang pagkamatay, sa ikatlong
araw siya ay babangon." **32** Ngunit hindi nila naunawaan ang
salitang iyon at natakot silang magtanong sa kaniya.

Sino ang Pinakadakila?

Mat 18:1-6; Luc 9:46-50

33 At siya ay pumunta sa Capernaum at nang siya ay nasa
bahay, sila ay tinanong niya, "Ano ang pinagtatalunan ninyo
habang kayo ay nasa daan?" **34** Ngunit sila ay tumahimik
sapagkat ang pinagtalunan ng bawat isa sa kanila habang
nasa daan ay kung sino ang pinakadakila. **35** At nang umupo
siya, tinawag niya ang labindalawang alagad at sinabi niya sa
kanila, "Kung ninanais ng sinuman na maging una, siya ay
maging huli sa lahat at tagapaglingkod ng lahat." **36** At pagkuha
niya ng maliit na bata, pinatayo niya ito sa kalagitnaan nila
at pagkayakap niya sa maliit na bata, sinabi niya sa kanila,
37 "Kung ang sinuman ay tatanggap sa maliit na batang katulad
nito sa aking pangalan ay tinatanggap ako, at kung ang sinuman
ay tatanggap sa akin ay hindi ako ang tinatanggap kundi siya na
nagsugo sa akin."

Ang Hindi Laban sa Atin ay Panig sa Atin

Luc 9:49-50

38 Ngunit sumagot sa kaniya si Juan na sinasabi, "Guro,
nakita namin ang isang tao na nagpapalayas ng mga demonyo
sa pamamagitan ng pangalan mo. Siya ay hindi sumusunod sa
atin at pinagbawalan namin siya sapagkat hindi siya sumusunod
sa atin."

39 Ngunit sinabi ni Jesus, "Huwag ninyo siyang pagbawalan
sapagkat walang taong gumagawa ng makapangyarihang gawa
sa pangalan ko at dali-daling makakapagsalita ng masama
laban sa akin, **40** sapagkat siya na hindi laban sa atin ay panig
sa atin. **41** Katotohanang sinasabi ko sa inyo, dahil kayo ay kay
Cristo, ang sinumang magbibigay sa inyo ng isang basong tubig
sa aking pangalan ay hinding-hindi mawawala ang kaniyang
gantimpala.

Ang Sanhi ng Pagkakasala

Mat 18:6-11

42 "Ngunit ang sinumang makakapagpatisod ng isa sa
maliliit na ito na sumasampalataya sa akin ay mabuti pa na ang
gilingang-bato ay maibitin sa kaniyang leeg at siya ay maitapon

9:31 Mat 8:20; Gaw 2:23
9:32 Luc 2:50; Jua 12:16
9:33 Mat 4:13
9:34 Luc 22:24
9:35 Mat 18:4; Luc 22:26
9:37 Mat 10:40
9:40 Mat 12:30; Luc 11:23
9:41 Mat 10:42
9:42 Mat 5:29; Luc 17:2

na sa dagat. 43At kapag makakapagpatisod sa iyo ang iyong kamay, putulin mo ito. Mabuti pa sa iyo na pumasok sa buhay na putol ang isang kamay kaysa sa may dalawang kamay na pumunta sa impiyerno♦, sa apoy na hindi namamatay 44kung saan 'Ang kanilang uod doon ay hindi namamatay at ang apoy ay hindi namamatay.'

Isa 66:24

45At kapag ang iyong paa ay makakapagpatisod sa iyo, putulin mo ito. Mabuti pa sa iyo na pumasok sa buhay na putol ang isang paa kaysa sa may dalawang paa na itapon sa impiyerno, sa apoy na hindi namamatay 46kung saan 'Ang kanilang uod doon ay hindi namamatay at ang apoy ay hindi namamatay.'

Isa 66:24

47At kapag ang iyong mata ay makakapagpatisod sa iyo, dukutin mo ito. Mabuti pa sa iyo na pumasok sa paghahari ng Diyos na iisa ang mata kaysa may dalawang mata na itapon sa impiyerno ng apoy 48kung saan 'Ang kanilang uod doon ay hindi namamatay at ang apoy ay hindi namamatay.'

Isa 66:24

49"Sapagkat ang bawat isa ay aasinan sa apoy at ang bawat hain ay aasinan sa asin. 50Ang asin ay mabuti, ngunit kapag ito ay mawalan ng alat, papaano ninyo ito mapapaalat? Magkaroon kayo ng asin sa inyong sarili at magkaroon kayo ng kapayapaan sa isa't isa."

9:43 Mat 5:29
9:45 Mat 5:29
9:47 Mat 5:29
9:48 Mat 25:41
9:50 Mat 5:13; Luc 14:34-35; Rom 12:18; 2Co 13:11; Col 4:6; 1Te 5:13
10:1 Mat 4:23; Jua 10:40
10:4 Mat 5:31
10:5 Heb 3:15

Ang Pagpapaalis sa Asawang Babae

Mat 19:3-10

10 Pagkatayo ni Jesus mula roon, siya ay pumunta patungo sa mga nasasakupan ng Judea hanggang sa kabilang ibayo ng Jordan. Muling naglakbay na sama-sama ang napakaraming tao patungo sa kaniya at kagaya ng kinaugalian niya, sila ay tinuruan niyang muli.

2At ang mga Fariseo na lumapit kay Jesus ay nagtanong sa kaniya upang siya ay subukin nila, "Ipinapahintulot ba sa Kautusan na paalisin ng asawang lalaki ang kaniyang asawang babae?"

3Ngunit sumagot si Jesus na sinasabi sa kanila, "Ano ang iniutos sa inyo ni Moises?"

4Subalit sinabi nila, "Ipinahintulot ni Moises na magsulat ng kasulatan ng paghihiwalay at siya ay paalisin."

5At sa pagsagot ni Jesus ay sinabi niya sa kanila, "Dahil sa katigasan ng inyong puso sinulat niya ang utos na ito para sa inyo. 6Subalit mula sa simula ng paglalang, 'ginawa sila ng Diyos na lalaki at babae.'

Gen 1:27; 5:2

7 ‘Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kaniyang ama at ina at
makikipag-isa sa kaniyang asawa 8 at ang dalawa ay magiging
isang laman,’

Gen 2:24

kung kaya hindi na sila dalawa kundi isang laman. 9 Kaya nga,
ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao.”
10 At pagdating sa bahay, siya ay muling tinanong ng
kaniyang mga alagad patungkol din sa bagay na ito. 11 At sinabi
niya sa kanila, “Ang sinumang magpapalayas sa kaniyang
asawang babae at mag-aasawa ng iba ay nagkakasala ng
pangangalunya laban sa kaniya. 12 At kapag ang babae ay
magpapalayas sa kaniyang asawang lalaki at mag-aasawa ng
iba, siya ay nagkakasala ng pangangalunya.”

Si Jesus at ang Maliliit na Bata

Mat 19:13-15; Luc 18:15-17

13 At dinala nila kay Jesus ang maliliit na bata upang sila
ay kaniyang mahawakan, ngunit sinaway ng mga alagad ang
mga nagdadala sa mga bata. 14 Subalit labis na nagalit si Jesus
nang nakita ito, at sinabi niya sa kanila, “Hayaan ninyong
lumapit sa akin ang maliliit na bata at huwag ninyo silang
hadlangan, sapagkat sa mga katulad nila nauukol ang paghahari
ng Diyos. 15 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang sinumang
hindi tatanggap sa paghahari ng Diyos katulad ng isang maliit
na bata ay hinding-hindi makakapasok doon.” 16 At nang sila
ay nayakap ni Jesus, sila ay pinagpala niya nang kaniyang
ipinatong ang kaniyang mga kamay sa kanila.

10:8 1Co 6:16
10:11 Luc 16:18
10:12 Rom 7:3; 1Co 7:10-11
10:14 Mat 25:34
10:15 Mat 18:3
10:17 Luc 10:25; Gaw 20:32

Ang Mayamang Pinuno

Mat 19:16-30; Luc 18:18-30

17 At nang si Jesus ay papaalis na patungo sa daan, may
lalaking patakbong lumapit at lumuhod sa harapan niya at
tinanong siya, “Mabuting Guro, ano ang maari kong gawin
upang makapagmana ako ng buhay na walang hanggan?”
18 Ngunit sinabi ni Jesus sa kaniya, “Bakit mo sinasabing ako
ay mabuti? Walang sinumang mabuti maliban sa isa, ang Diyos.
19 Alam mo ang mga utos,

‘Huwag kang mangalunya,’ ‘Huwag kang papatay,’
‘Huwag kang magnakaw,’ ‘Huwag kang sumaksi sa
kasinungalingan,’

Exo 20:13-16; Deu 5:17-20

‘Huwag kang mandaya,’

Deu 24:14

‘Igalang mo ang iyong ama at ina.’ ”

Exo 20:12; Deu 5:16

20Ngunit sumagot ang lalaki na sinabi sa kaniya, “Guro,
ang lahat ng mga bagay na ito ay aking sinunod mula sa aking
pagkabata.”
21Ngunit nang si Jesus ay tumingin sa kaniya, siya ay
inibig niya at sinabi sa kaniya, “Isang bagay ang kulang sa
iyo. Humayo ka at ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik
at ibigay mo ang salapi sa mga dukha at magkakaroon ka ng
kayamanan sa langit. Pagkatapos pumarito ka at sumunod ka sa
akin na pinapasan ang krus.”
22At sa pagkalungkot ng lalaki sa salitang ito, siya ay umalis
na namimighati sapagkat mayroon siyang napakaraming
ari-arian.
23 At sa kaniyang pagtingin sa palibot, sinasabi ni Jesus sa
kaniyang mga alagad, “Gaano kahirap sa kanila, na mayroong
mga kayamanan, ang pagpasok sa kaharian ng Diyos!”
24Ngunit namangha ang mga alagad sa kaniyang mga salita,
kaya muling sumagot si Jesus na sinabi sa kanila, “Mga anak,
gaano kahirap sa kanila, na nagtitiwala sa mga kayamanan, na
pumasok sa kaharian ng Diyos. **25**Mas madali pang dumaan ang
kamelyo sa butas ng karayom kaysa sa pagpasok ng mayaman
sa kaharian ng Diyos.”
26Kaya sila ay labis na nanggilalas na sinasabi sa isa't isa,
“Sino ang maaaring maligtas?”
27At nang tumingin si Jesus sa kanila, sinabi niya, “Hindi
ito maaaring magawa ng mga tao subalit hindi gayon sa Diyos,
sapagkat sa Diyos ay maaring mangyari ang lahat ng mga
bagay.”
28At si Pedro ay nagsimulang magsabi sa kaniya, “Narito,
iniwan namin ang lahat at sumunod sa iyo.”
29At nang sumagot si Jesus, sinabi niya, “Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, walang sinumang nag-iwan ng bahay, o
mga kapatid na lalaki, o mga kapatid na babae, o ama, o ina,
o asawang babae, o mga anak, o mga lupain dahil sa akin at
dahil sa ebanghelyo **30**ang hindi makakatanggap ngayon, sa
panahong ito, ng isandaang beses ng mga bahay, mga kapatid
na lalaki at babae, mga ina, mga anak at ng mga lupain na may
pagmamalupit, ngunit sa darating na kapanahunan, siya ay
tatanggap ng buhay na walang hanggan. **31**Ngunit ang mga una
ay magiging huli at ang huli ay magiging una.”

10:21 Mat 6:20; Luc 12:33; Gaw 2:45
10:23 1Ti 6:9-10,17
10:24 Mat 7:13-14; Jua 3:5
10:25 Luc 12:16-20
10:27 Mat 19:26
10:28 Mat 4:19
10:30 Mat 6:33
10:31 Mat 19:30

Ang Nalalapit na Kamatayan ni Jesus

Mat 20:17-19; Luc 18:31-34

32Nang sila ay nasa daan paahon sa Jerusalem, namangha
sila na si Jesus ay nasa unahan na nila at sa kanilang
pagsunod sa kaniya, sila ay natakot. At nang muli niyang

isinama ang labindalawang alagad, sinimulan niyang
sabihin sa kanila ang patungkol sa mga bagay na malapit
nang mangyari sa kaniya. 33 Sinabi ni Jesus, "Narito,
tayo ay aahon sa Jerusalem at ang Anak ng Tao ay
ipagkakanulo sa mga punong saserdote at sa mga eskriba,
at siya ay kanilang hahatulan ng kamatayan, at siya ay
ipagkakanulo nila sa mga Gentil♦. 34 At siya ay kukutyain
nila, siya ay hahagupitin nila, siya ay duduraan nila at
siya ay papatayin nila, at sa ikatlong araw, siya mismo ay
muling babangon."

Ang Kahilingan nina Santiago at Juan

Mat 20:20-28

35 At lumapit kay Jesus sina Santiago at Juan na mga
anak ni Zebedeo, na nagsasabi, "Guro, ninanais namin na
anuman ang aming hihilingin sa iyo ay iyong gagawin sa
amin."

36 At sinabi ni Jesus sa kanila, "Ano ang ibig ninyong
gawin ko para sa inyo?"

37 Kaya sinabi nila sa kaniya, "Ipagkaloob mo sa amin
na kami ay makaupo sa iyong kaluwalhatian, ang isa ay sa
bahaging kanan mo at ang isa ay sa bahaging kaliwa mo."

38 Subalit sinabi ni Jesus sa kanila, "Hindi ninyo
nalalaman ang inyong hinihiling. Magagawa ba ninyong
inumin ang sarong aking iinumin at mabawtismuhan ng
bawtismong ibinabawtismo sa akin?"

39 At sinabi nila kay Jesus, "Magagawa namin."

Subalit sinabi ni Jesus sa kanila, "Ang saro nga na
aking iniinom ay iinumin ninyo at ang bawtismo na
ibinabawtismo sa akin ay ibabawtismo sa inyo. 40 Ngunit
ang pag-upo sa aking bahaging kanan at sa aking bahaging
kaliwa ay hindi ako ang magkakaloob kundi ito ay
ipagkakaloob sa kanila na pinaghandaan nito."

41 At nang narinig ito ng sampu, nagsimula ang kanilang
labis na galit kina Santiago at Juan. 42 Ngunit pagkatawag
ni Jesus sa kanila, sinabi niya sa kanila, "Alam na ninyo
na ang mga kinikilala na namumuno sa mga Gentil ay
namumuno na may pagkapanginoon sa kanila, at ang
mga dakila sa kanila ay namamahala na may pamimilit
sa kanila. 43 Subalit huwag itong mangyaring gayon sa
inyo kundi ang sinumang magnanais na maging dakila sa
inyo ay magiging tagapaglingkod ninyo. 44 At sinuman sa
inyo ang magnanais na maging pangunahin ay magiging
alipin ng lahat 45 sapagkat kahit ang Anak ng Tao ay hindi
pumarito upang paglingkuran kundi upang maglingkod

10:33 Luc 9:51
10:34 Mat 16:21; Gaw 2:23
10:37 Mat 19:28
10:38 Mat 20:22; Luc 12:50
10:39 Gaw 12:2; Pah 1:9
10:45 Mat 20:28

at upang ibigay ang kaniyang buhay bilang pantubos sa marami."

Pinagaling ni Jesus ang Bulag

Mat 20:29-34; Luc 18:35-43

46 At sila ay dumating sa Jerico. At nang si Jesus ay papalabas sa Jerico kasama ang kaniyang mga alagad at ang napakaraming tao, ang bulag na si Bartimeo na anak ni Timeo ay nakaupo sa tabi ng daan at namamalimos. **47** At nang narinig niya na si Jesus na taga-Nazaret ay naroroon, nagsimula siyang sumigaw at sinabi, "Jesus, Anak ni David, mahabag ka sa akin!"

48 At marami ang sumaway sa kaniya upang mapatahimik siya ngunit lalo pa siyang sumigaw, "Anak ni David, mahabag ka sa akin."

49 At nang huminto si Jesus, sinabi niya na tawagin siya.

At tinawag nila ang bulag na sinasabi sa kaniya, "Lakasan mo ang iyong loob. Tumindig ka, tinatawag ka ni Jesus."

50 At pagkatapon niya ng kaniyang balabal, siya ay tumayo at lumapit kay Jesus.

10:47 Mat 9:27
10:51 Mat 23:7
10:52 Mat 9:22
11:1 Mat 21:17

51 Kaya sumagot si Jesus na sinabi sa kaniya, "Ano ang ibig mong gawin ko sa iyo?"

At ang bulag ay nagsabi sa kaniya, "Rabbi, ang mapanumbalik ang aking paningin."

52 At sinabi ni Jesus sa kaniya, "Humayo ka, ang iyong pananampalataya ang nagpagaling sa iyo." At kaagad napanumbalik ang paningin ng bulag at siya ay sumunod kay Jesus sa daan.

Ang Pagpasok ni Jesus sa Jerusalem

Mat 21:1-11; Luc 19:28-40; Jua 12:12-19

11 At nang papalapit na sila sa Jerusalem, sa Betfage at Betania, patungo sa bundok ng mga Olibo, isinugo ni Jesus ang dalawa sa kaniyang mga alagad, **2** at sinabi niya sa kanila, "Humayo kayo sa nayong nasa unahan ninyo, at sa inyong pagpasok doon ay matatagpuan ninyo kaagad ang nakataling bisiro na hindi pa nasasakyan ng sinumang tao. Kalagan ninyo iyon at dalhin dito. **3** At kapag ang sinuman ay magsabi sa inyo, 'Bakit ninyo ginagawa ito?' Sabihin ninyo, 'Kailangan ito ng Panginoon' at iyon ay kaagad niyang ipapadala rito."

4 At sila ay pumaroon at natagpuan ang nakataling bisiro sa labas ng pintuan sa magkasalubong na daan, at kinalagan nila ito. **5** Ang ilan sa mga nakatayo roon ay nagsabi sa kanila, "Ano ang ginagawa ninyo na kinakalagan ang bisiro?"

6 Kaya ang sinabi ng mga alagad sa kanila ay ang ayon sa
iniutos ni Jesus at sila ay pinayagan nila. 7 At dinala nila ang
bisiro kay Jesus, at isinapin nila sa ibabaw nito ang kanilang
mga damit at sinakyan ito ni Jesus. 8 Kaya marami ang naglatag
ng kanilang mga damit sa daan, at ang iba ay pumutol ng mga
sanga ng mga punongkahoy at inilatag ang mga ito sa daan.
9 Ang mga nauuna at ang mga sumusunod ay sumisigaw na
sinasabi, "Hosana♦! 'Pinagpala siya na dumarating sa pangalan
ng Panginoon!'

Awi 118:25-26

10 Papuri sa dumarating na paghahari ng ating amang si David
na pumaparito sa pangalan ng Panginoon! Hosana sa kataas-
taasan!" 11 At pumasok si Jesus sa Jerusalem at sa loob ng
templo♦. Pagkatingin niya sa palibot sa lahat ng mga bagay,
siya ay lumabas patungo sa Betania kasama ang labindalawa
yamang sumasapit na ang gabi.

Nilinis ni Jesus ang Templo

Mat 21:18-19

12 At kinabukasan, pagkagaling nila sa Betania, siya ay
nagutom. 13 At nang natanaw niya sa di-kalayuan ang puno ng
igos na may mga dahon, siya ay lumapit baka sakaling siya ay
makakakita ng anuman doon. Ngunit nang ito ay nilapitan niya,
wala siyang natagpuan maliban sa mga dahon sapagkat hindi
pa panahon noon ng mga igos. 14 At nang nagsalita si Jesus,
sinabi niya sa puno, "Mula ngayon, walang sinuman nawa ang
makakain ng iyong bunga magpakailanman."

At narinig ito ng kaniyang mga alagad.

Mat 21:12-13; Luc 19:45-48

15 At sila ay dumating sa Jerusalem at pagpasok ni Jesus sa
templo, sinimulan niyang itaboy ang mga nagtitinda at ang
mga namimili sa templo, at itinaob niya ang mga mesa ng mga
mamamalit-salapi at ang mga upuan ng mga nagtitinda ng
mga kalapati. 16 At hindi niya pinapayagang dumaan sa loob
ng templo ang sinumang magdadala ng sisidlan. 17 At siya ay
nangaral na sinasabi sa kanila, "Hindi ba nasusulat,

'Ang aking bahay ay tatawaging bahay-dalanginan para sa
lahat ng mga bansa'

Isa 56:7

ngunit ginawa ninyo itong
'yungib ng mga tulisan.' "

Jer 7:11

18 At ang mga eskriba at ang mga punong saserdote ay
nakinig, kaya naghanap sila ng paraan kung paano nila siya
papatayin sapagkat sila ay natakot kay Jesus dahil ang lahat ng

11:9 Mat 23:39
11:10 Luc 2:14
11:11 Mat 21:12,17
11:13 Luc 13:6-9
11:18 Mat 21:46; Luc 20:19

mga tao ay namangha sa kaniyang katuruan. 19 At nang gumabi
na, siya ay lumabas sa lungsod.

Natuyo ang Puno ng Igos

Mat 21:20-22

20 At kinaumagahan, sa pagdaan nila, nakita nila na ang
puno ng igos ay natuyo na simula sa mga ugat. 21 At nang ito ay
naalala ni Pedro, sinabi niya sa kaniya, "Rabbi, tingnan mo, ang
puno ng igos na iyong isinumpa ay natuyo na."
22 At nang sumagot si Jesus, sinabi niya sa kanila,
"Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Diyos. 23 Sapagkat
katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang sinumang magsabi
sa bundok na ito, 'Maalis ka at maihagis sa dagat,' at hindi
mag-alinlangan sa kaniyang puso, sa halip ay manampalataya
na magaganap ang kaniyang sinabi, mangyayari sa kaniya
ang anumang kaniyang sasabihin. 24 Dahil dito, sinasabi
ko sa inyo, anumang mga bagay ang hilingin ninyo sa
inyong pananalangin, manampalataya kayo na ito ay inyong
nakakamtan, at ito ay mapapasainyo.
11:19 Luc 21:37
11:21 Mat 23:7
11:23 Mat 21:21
11:24 Mat 7:7
11:25 Mat 6:14
11:32 Mat 11:9
25 "At kapag kayo ay nananalangin na nakatayo, magpatawad
kayo kung mayroon kayong anumang laban sa kaninuman
upang ang inyo namang Ama na nasa langit ay mapatawad
kayo sa inyong mga pagsalangsang. 26 Ngunit kung hindi kayo
magpapatawad, kahit ang inyong Ama na nasa langit ay hindi
magpapatawad sa inyong mga pagsalangsang."

Tinanong si Jesus sa Kaniyang Kapangyarihan

Mat 21:23-27; Luc 20:1-8

27 At sila ay pumuntang muli sa Jerusalem. At habang
naglalakad si Jesus sa templo, lumapit sa kaniya ang mga
punong saserdote at ang mga eskriba at ang matatanda. 28 At
sinasabi nila sa kaniya, "Sa anong kapamahalaan ginagawa
mo ang mga bagay ito? At sino ang nagbigay sa iyo ng
kapamahalaang ito upang magawa mo ang mga bagay na ito?"
29 Ngunit nang si Jesus ay sumagot, sinabi niya sa kanila,
"Ako rin ay magtatanong sa inyo ng isang katanungan, at
sagutin ninyo ako, at sasabihin ko sa inyo kung sa anong
kapamahalaan ginagawa ko ang mga bagay na ito. 30 Ang
bawtismo ni Juan, ito ba ay mula sa langit o mula sa mga tao?
Sagutin ninyo ako."
31 At sila ay nangatwiran sa isa't isa na sinasabi, "Kapag
ating sasabihin, 'Mula sa langit,' sasabihin niya, 'Kung gayon,
bakit hindi ninyo siya pinaniwalaan?' 32 Ngunit kapag sasabihin
natin, 'Mula sa tao,' " sila ay natatakot sa mga tao sapagkat
tinanggap ng lahat si Juan na siya ay tunay na propeta. 33 At

nang sila ay sumagot, kanilang sinasabi kay Jesus, “Hindi namin alam.”

Kaya nang sumagot si Jesus, sinasabi niya sa kanila, “Ako ay hindi rin magsasabi sa inyo kung sa anong kapamahalaan ginagawa ko ang mga bagay na ito.”

Ang Talinghaga Patungkol sa Magsasaka

Mat 21:33-46; Luc 20:9-18

12 At si Jesus ay nagsimulang magsabi sa kanila ng mga talinghaga, “Isang lalaki ang nagtanim sa ubasan, at siya ay naglagay ng bakod sa palibot at naghukay ng pisaan ng ubas sa ilalim at nagtayo ng tore, at ipinaupahan ito sa mga magsasaka, at siya ay naglakbay patungo sa malayong lugar. **2**At sa takdang panahon, siya ay nagsugo ng alipin sa mga magsasaka upang siya ay makakuha mula sa bunga ng ubasan. **3**Ngunit pagkasunggab nila sa alipin, siya ay hinagupit nila at pinauwing walang dala. **4**At siya ay muling nagsugo sa kanila ng ibang alipin, at siya ay pinagbabato at hinampas nila ang kaniyang ulo at siya ay pinauwi pagkatapos siyang alipustain. **5**At siya ay muling nagsugo ng iba ngunit iyon ay kanilang pinatay. At nagsugo siya ng marami pang iba, ang ilan ay pinaghahagupit nga at ang ilan ay pinagpapatay. **6**Dahil sa mayroon pa siyang anak na lalaki na kaniyang minamahal, sa huli, siya rin ay kaniyang isinugo sa kanila, na sinasabi, ‘Igagalang nila ang aking anak.’ **7**Subalit ang mga magsasakang iyon ay nagsabi sa isa't isa, ‘Ito ang tagapagmana. Halikayo, patayin natin siya at ang mana ay mapasaatin.’ **8**Pagkasunggab nila sa kaniya, siya ay pinatay nila at itinapon sa labas ng ubasan.

9“Ano nga ba ang gagawin ng panginoon ng ubasan? Pupuntahan niya at pupuksain ang mga magsasaka at ibibigay niya ang ubasan sa iba. **10**Hindi ba ninyo nabasa ang Kasulatang♦ ito? ‘Ang bato na itinakwil ng mga tagapagtayo, ito ang naging ulo ng panulok. **11**Ito ay ginawa mismo ng Panginoon at ito ay kamangha-mangha sa ating mga mata.’ ”

Awi 118:22-23

12At sila ay humanap ng pagkakataon upang dakpin siya, ngunit sila ay natakot sa napakaraming tao sapagkat alam nila na ang talinghagang sinabi niya ay laban sa kanila, kaya sa kanilang pag-alis, iniwan nila si Jesus.

Ang Pagbabayad ng Buwis kay Cesar

Mat 22:15-22; Luc 20:20-26

13At isinugo nila sa kaniya ang ilan sa mga Fariseo at sa mga tagasunod ni Herodes upang hulihin siya sa kaniyang

12:6 Heb 1:1-3
12:10 Gaw 4:11
12:12 Mat 22:22
12:13 Mat 22:16

salita. 14At sa kanilang pagdating, sinabi nila sa kaniya,
"Guro, alam namin na ikaw ay totoo at hindi ka pumapanig
kaninuman sapagkat hindi ka tumitingin sa panlabas na anyo
ng mga tao, sa halip ay itinuturo mo ang daan ng Diyos ayon sa
katotohanan. Ipinapahintulot ba ng Kautusan ang pagbigay ng
buwis kay Cesar♦ o hindi? 15Magbibigay ba kami o hindi kami
magbibigay?"

Ngunit dahil alam ni Jesus ang kanilang pagpapaimbabaw,
sinabi niya sa kanila, "Bakit ninyo ako sinusubok? Magdala
kayo sa akin ng denaryo° upang makita." 16Kaya sila ay nagdala
sa kaniya.

At sinabi niya sa kanila, "Kaninong anyo at sulat ang
nakatatak dito?" At sinabi nila sa kaniya, "Kay Cesar." 17At
nang sumagot si Jesus, sinabi niya sa kanila, "Ibigay ninyo kay
Cesar ang mga bagay na nauukol kay Cesar at ibigay ninyo sa
Diyos ang mga bagay na nauukol sa Diyos."

Kaya namangha sila sa kaniya.

Ang Muling Pagkabuhay at Pag-aasawa

Mat 22:23-33; Luc 20:27-39

12:17 Rom 13:7
12:18 Gaw 4:1; 23:8; 1Co 15:12
12:24 2Ti 3:15-17
12:25 1Co 15:42,49

18Ang mga Saduseo♦ na nagsasabi na walang muling
pagkabuhay ay pumunta rin sa kaniya at nagtanong sa kaniya
na sinasabi, 19"Guro, si Moises ay sumulat sa amin, 'kapag
ang kapatid na lalaki ng sinuman ay mamatay at maiwan ang
asawang babae ngunit walang mga anak na maiwan, dapat
ang kapatid niyang lalaki ang kukuha sa kaniyang asawang
babae upang magkaroon ng binhi para sa kaniyang kapatid na
namatay.'

Deu 25:5

20Mayroon ngang pitong magkakapatid na lalaki at ang una
ay nag-asawa ngunit siya ay namatay na walang binhi. 21At
kinuha siya ng pangalawa at ang lalaki ay namatay na wala
ring binhi na naiwan, at gayundin ang nangyari sa pangatlo.
22At ang babae ay naging asawa ng pito at namatay ang
mga ito na walang binhi na naiwan, at sa kahuli-hulihan ay
namatay rin ang babae. 23Kaya sa muling pagkabuhay, kapag
sila ay babangon, sino sa kanila ang magiging asawa ng babae
sapagkat ang pito ay naging asawa niya?"

24At nang sumagot si Jesus, sinabi niya sa kanila, "Hindi
ba dahil dito ay nadadaya kayo dahil hindi ninyo alam ang
mga Kasulatan, ni ang kapangyarihan ng Diyos? 25Sapagkat
kapag sila ay babangon mula sa mga patay, hindi na sila mag-
aasawa, ni pinapag-asawa, sa halip ay matutulad sila sa mga
anghel sa kalangitan. 26Ngunit patungkol sa mga patay na
ibinabangon, hindi ba ninyo nabasa sa aklat ni Moises kung

paanong sa palumpong ay nagsalita ang Diyos sa kaniya na sinasabi, ‘Ako ang Diyos ni Abraham at ang Diyos ni Isaac at ang Diyos ni Jacob’?

Exo 3:6, 15

27 Hindi siya Diyos ng mga patay kundi Diyos ng mga buhay. Kaya kayo ay labis na nadadaya.”

Ang Pinakamahalagang Utos

Mat 22:34-40; Luc 10:25-28

28 At nang ang isa sa mga eskriba ay dumating at narinig niya ang kanilang pagtatanong, nabatid niya na sumagot nang mahusay si Jesus sa kanila, siya ay nagtanong kay Jesus, “Alin ang pangunahin sa lahat ng mga utos?”

29 At sumagot si Jesus sa kaniya, “Ang pangunahin sa lahat ng mga utos ay ito, ‘Makinig ka Israel, ang ating Panginoong Diyos ay isang Panginoon. **30** At iibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo at nang buong kaluluwa mo at nang buong pag-iisip mo at nang buong lakas mo.’

Deu 6:4-5

Ito ang unang utos. **31** At ang ikalawa ay katulad nito, ‘Ibigin mo ang iyong kapwa tao katulad sa iyong sarili.’

Lev 19:18

Wala nang ibang utos ang hihigit sa mga ito.”

32 At sinabi sa kaniya ng eskriba, “Mahusay, Guro. Ang iyong sinabi ay katotohanan, na isa ang Diyos at ‘wala nang iba maliban sa kaniya.’

Deu 4:35

33 At ang ibigin siya nang buong puso at nang buong pang-unawa at nang buong kaluluwa at nang buong lakas, at ang ibigin ang kapwa tao katulad sa sarili, ito ay higit sa lahat ng mga handog na susunugin at mga hain.”

34 At nang nakita ni Jesus na siya ay sumagot nang may katalinuhan, sinabi niya sa kaniya, “Hindi ka malayo sa paghahari ng Diyos.”

Mula noon, wala nang naglakas-loob na magtanong sa kaniya.

Kaninong Anak ang Cristo?

Mat 22:41-46; Luc 20:41-44

35 At habang nagtuturo si Jesus sa templo, siya ay sumagot na nagsasabi, “Paano sinasabi ng mga eskriba na ang Cristo ay anak ni David? **36** Sapagkat si David mismo ang nagsabi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ‘Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, “Maupo ka sa aking bahaging kanan

12:28 Luc 10:25-28
12:31 Mat 5:43
12:33 Heb 10:8
12:34 Mat 3:2; Luc 20:40
12:35 Mat 26:55
12:36 Mat 22:44

hanggang sa mailagay ko ang iyong mga kaaway na tuntungan
ng iyong mga paa.” ’

Awi 110:1

37 Kaya si David mismo ang tumatawag sa kaniya na
‘Panginoon.’ Ngunit paano siya naging anak niya?”
At ang lubhang napakaraming tao ay nakinig sa kaniya na
may kagalakan.

Mag-ingat sa mga Mapagpaimbabaw

38 At sinabi niya sa kanila sa kaniyang pagtuturo, “Mag-
ingat kayo sa mga eskriba na ang ninanais ay ang paglakad na
may mahabang kasuotan, at ninanais ang mga pagbati sa mga
pamilihan, 39 at ninanais ang mga pangunahing upuan sa mga
sinagoga at ang mga pangunahing dako sa mga hapunan. 40 Sila
ang mga lumalamon sa mga bahay ng mga babaing balo, at sa
pagkukunwari ay nananalangin sila ng mahaba. Sila ang mga
tatanggap ng labis-labis na kahatulan.”

Ang Handog ng Babaing Balo

Luc 21:1-4

12:37 Jua 12:9
12:39 Luc 11:43
12:41 Jua 8:20
12:44 2Co 8:12
13:2 Luc 19:44
13:3 Mat 21:1

41 At nang umupo si Jesus sa tapat ng kaban ng yaman, nakita
niya kung paano naghuhulog ng salapi sa kaban ng yaman
ang napakaraming tao. Marami ring mayaman ang naghulog
ng maraming salapi. 42 Sa paglapit ng dukhang babaing balo,
naghulog siya ng dalawang lepta° na halos katumbas ng
sentimo°. 43 At nang pinalapit ni Jesus sa kaniya ang kaniyang
mga alagad, sinabi niya sa kanila, “Katotohanang sinasabi ko sa
inyo na ang dukhang babaing balong ito ang naghulog ng higit
kaysa sa lahat ng mga naghulog sa kaban ng yaman 44 sapagkat
lahat ay naghulog mula sa kanilang kasaganaan, ngunit mula
sa kaniyang karukhaan ay inihulog niya ang lahat ng kaniyang
mga tinatangkilik, kahit ang kaniyang buong kabuhayan.”

Ang Tanda ng Huling Panahon

Mat 24:1-35; Luc 21:5-38

13 At habang si Jesus ay papalabas mula sa templo, isa sa
kaniyang mga alagad ay nagsasabi sa kaniya, “Guro,
narito, anong ganda ng mga bato at anong ganda ng mga
gusali.”

2 At sumagot si Jesus na sinasabi sa kaniya, “Nakikita mo ba
ang malalaking gusaling ito? Wala ni isang bato ang matitira sa
ibabaw ng isang bato na hinding-hindi mabubuwag.”

3 At habang si Jesus ay nakaupo sa bundok ng mga Olibo sa
tapat ng templo, palihim siyang tinanong nina Pedro, Santiago,
Juan at Andres, 4 “Sabihin mo sa amin, kailan mangyayari ang

mga bagay na ito, at ano ang tanda na ang lahat ng mga bagay
na ito ay malapit nang maganap?"
5 At nang sumagot si Jesus sa kanila, nagsimula siyang
magsabi, "Mag-ingat kayo na hindi kayo mailigaw ng
sinuman 6 sapagkat marami ang darating sa aking pangalan na
nagsasabi, 'Ako ang Cristo' at ililigaw nila ang marami. 7 At
kapag makarinig kayo ng mga digmaan at mga bali-balita ng
mga digmaan, huwag kayong mangamba sapagkat kailangang
mangyari ang mga bagay na ito, ngunit hindi pa ito ang wakas
8 dahil babangon ang bansa laban sa bansa at kaharian laban sa
kaharian. Magkakaroon ng mga lindol sa iba't ibang dako at
magkakaroon ng mga taggutom at mga kaguluhan. Ito ang mga
simula ng mga paghihirap.
9 "Ngunit ingatan ninyo ang inyong mga sarili sapagkat
ibibigay nila kayo sa mga Sanhedrin♦ at sa mga sinagoga.
Kayo ay kanilang hahagupitin at dadalhin sa mga gobernador
at sa mga hari dahil sa akin, bilang patotoo♦ sa kanila. 10 At
ang ebanghelyo ay kailangang unang ipangaral sa lahat ng
mga bansa. 11 Ngunit kapag kayo ay mahuhuli at dadalhin sa
hukuman, huwag kayong mabalisa, ni mag-isip kung ano ang
inyong sasabihin. Ngunit kung ano man ang maipagkaloob sa
inyo sa sandaling iyon, iyon ang inyong sabihin sapagkat hindi
kayo ang siyang magsasalita kundi ang Banal na Espiritu. 12 At
ang kapatid ay ipagkakanulo ng kapatid patungo sa kamatayan,
ang ama sa anak. At ang mga anak ay maghihimagsik sa mga
magulang at ipapapatay sila. 13 At kayo ay kamumuhian ng lahat
dahil sa aking pangalan. Ngunit siya na nagtiis hanggang sa
wakas, siya ay maliligtas.
14 "At kapag inyong makita ang 'kasuklam-suklam na
kapanglawan'

Dan 9:27; 11:31; 12:11

na nakatayo kung saan ito ay hindi dapat, sa panahong iyon, sila
na nasa Judea ay hayaang tumakas patungo sa mga bundok. Ito
ang nabanggit ni propeta Daniel," (unawain ito ng bumabasa).
15 Ngunit siya na nasa bubungan ay huwag nang bumaba sa
bahay, ni huwag nang pumasok upang kumuha ng anuman
mula sa kaniyang bahay. 16 At siya na nasa bukid ay huwag nang
balikan ang mga bagay na naiwan upang kumuha ng kaniyang
kasuotan. 17 Ngunit sa aba nila na mga nagdadalang-tao at sa
mga nagpapasuso sa mga araw na iyon. 18 Kaya manalangin
kayo na huwag mangyari sa taglamig ang inyong pagtakas
19 sapagkat sa mga araw na iyon ay magkakaroon ng kahirapan.
Ang ganito ay hindi pa nangyari mula sa simula ng paglikha
ng Diyos hanggang sa ngayon, at ito ay hindi na mangyayari
kailanman. 20 At maliban na ang Panginoon ang magpaikli ng

13:5 Efe 5:6; 2Te 2:3; 1Ti 4:1; 2Ti 3:13; 1Jn 4:6
13:9 Mat 10:17
13:11 Mat 10:19-20; Luc 12:11-12
13:12 Mat 10:21; Luc 12:51-53
13:13 Mat 10:22; Jua 15:21
13:17 Luc 23:29

mga araw, walang sinumang taong maliligtas. Ngunit dahil sa mga pinili na kaniyang pinili, pinaikli niya ang mga araw.

Ang Pagdating ng Kaharian ni Cristo

21"At sa panahong iyon, kapag ang sinuman ay magsabi sa inyo, 'Narito, ang Cristo ay nandito!' o, 'Narito, siya ay nandoon!' huwag kayong maniwala **22**sapagkat ang mga bulaang cristo at ang mga bulaang propeta ay lilitaw, at sila ay magbibigay ng mga tanda at kamangha-manghang mga gawa upang iligaw kung maaari kahit ang mga pinili. **23**Ngunit mag-ingat kayo. Narito, sinabi ko na sa inyo noong una pa ang lahat ng mga bagay.

24"Ngunit sa mga araw na iyon, pagkatapos ng paghihirap na iyon, ang araw ay magdidilim at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, **25**at ang mga bituin ng langit ay magbabagsakan, at ang mga kapangyarihan na nasa kalangitan ay mayayanig. **26**At kapag magkagayon, makikita nila ang Anak ng Tao na dumarating sa mga ulap, na may dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian. **27**At kapag magkagayon, susuguin niya ang kaniyang mga anghel at titipunin niya ang kaniyang mga pinili mula sa apat na hangin hanggang sa kadulu-duluhan ng langit.

28"Kaya matuto kayo mula sa talinghaga ng puno ng igos. Kapag ang sanga nito ay magiging sariwa at umuusbong na ang mga dahon, nalalaman ninyo na malapit na ang tag-init. **29**Gayundin naman kayo, kapag makita ninyong nangyayari ang mga bagay na ito, alamin ninyo na siya ay malapit na, nasa mga pintuan na. **30**Katotohanang sinasabi ko sa inyo, kailanman ay hindi lilipas ang lahing ito hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay na ito. **31**Ang langit at ang lupa ay lilipas, subalit ang aking mga salita ay hindi lilipas kailanman.

Walang Nakakaalam sa Araw at sa Oras

Mat 24:36-44

32"Ngunit patungkol sa araw o sa oras na iyon, walang sinuman ang nakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, maliban sa Ama. **33**Mag-ingat kayo, magmasid kayo at manalangin kayo, sapagkat hindi ninyo alam kung kailan ang panahon. **34**Ito ay katulad ng isang taong manlalakbay na iniwan niya ang kaniyang bahay, at binigyan niya ng kapamahalaan ang kaniyang mga alipin, at binigyan ang bawat isa ng sariling gawain, at inutusan din niya ang bantay-pintuan na siya ay magbantay. **35**Kaya magbantay kayo sapagkat hindi ninyo alam kung kailan darating ang panginoon ng bahay, sa gabi, o sa hatinggabi, o sa pagtilaok ng manok, o sa

13:21 Luc 17:23
13:22 Jua 4:48; 2Te 2:9-10
13:23 2Pe 3:17
13:25 Mat 24:29
13:26 Pah 1:7
13:30 Luc 17:25
13:31 Mat 5:18
13:32 Gaw 1:7; 1Te 5:1-2
13:34 Mat 25:14

umaga, 36upang sa bigla niyang pagdating ay hindi niya kayo
matagpuang natutulog. 37Kaya ang sinasabi ko sa inyo ay
sinasabi ko sa lahat. Magbantay kayo!”

Nakipagkasundo si Judas na Ipagkanulo si Jesus

Mat 26:6-13; Jua 12:1-8

14 Pagkaraan ng dalawang araw ay ang Kapistahan
ng Paglagpas♦ at Kapistahan ng Tinapay na Walang
Pampaalsa. Ang mga punong saserdote at ang mga eskriba ay
humahanap ng paraan upang palinlang nilang madakip si Jesus
at maipapatay. 2Ngunit ang sabi nila, “Huwag sa kapistahan
baka magkagulo ang mga tao.”

3At samantalang siya ay nasa Betania, habang dumudulog
siya sa hapag-kainan sa bahay ni Simon na ketongin, may
dumating na babaing may dala-dalang sisidlang alabastro♦
na puno ng mamahaling pabango na purong nardo♦. At
pagkabasag niya sa sisidlang alabastro ay ibinuhos niya ang
pabango sa ulo ni Jesus. 4Ngunit ang ilan na nagngingitngit ay
nag-usap-usap, “Bakit ginawa ang pagsasayang ng pabangong
ito? 5Sapagkat maaring maipagbili ito nang higit sa tatlong
daang denaryo° at maipamahagi sa mga dukha.” Kaya nagalit
sila sa kaniya.

6Ngunit sinabi ni Jesus, “Hayaan ninyo siya. Bakit ninyo
siya binibigyan ng kabalisahan? Mabuti ang gawain na
kaniyang ginawa para sa akin, 7sapagkat ang mga dukha
ay palagi ninyong kasama, at sa tuwing nanaisin ninyo ay
makakagawa kayo ng mabuti sa kanila, ngunit ako ay hindi
ninyo palaging kasama. 8Ginawa ng babaing ito ang kaniyang
magagawa. Siya ay naghanda upang pahiran ang aking
katawan para sa aking libing. 9Katotohanang sinasabi ko sa
inyo, saan man ipapangaral ang ebanghelyong ito sa buong
sanlibutan, ang ginawa rin niyang ito ay isasalaysay bilang
pag-alaala sa kaniya.”

10At si Judas na taga-Keriot, na isa sa labindalawa, ay
pumunta sa mga punong saserdote upang ipagkanulo niya
si Jesus sa kanila. 11At nang narinig nila ito, sila ay natuwa
at nangakong magbigay sa kaniya ng salaping pilak. Kaya
naghanap siya ng pagkakataon kung paano niya ipagkakanulo
si Jesus.

Ang Huling Hapunan

Mat 26:17-30; Luc 22:7-23; 1Co 11:23-26

12Sa unang araw ng Pista ng Tinapay na Walang
Pampaalsa, nang kanilang inihahandog ang kordero ng
Paglagpas, sinabi ng kaniyang mga alagad sa kaniya, “Saan

13:37 Luc 12:37
14:1 Mat 12:14; Jua 11:55
14:3 Mat 21:17; Luc 7:37-39
14:8 Jua 19:40
14:9 Mat 24:14
14:10 Mat 10:4
14:12 1Co 5:7

mo ibig na kami ay pumunta at kami ay makapaghanda
upang makakain ka ng hapunan ng Paglagpas?"
13 Kaya isinugo niya ang dalawa sa kaniyang mga alagad
at sinabi niya sa kanila, "Pumunta kayo sa lungsod at may
masasalubong kayong lalaki na may dalang isang banga ng
tubig, sundan ninyo siya. 14 Kung saan man siya papasok,
sabihin ninyo sa may-ari ng bahay, 'Sinasabi ng Guro, "Saan
ang silid-pampanauhin kung saan ako ay maaring kumain
ng hapunan ng Paglagpas kasama ng aking mga alagad?" '
15 At ipapakita niya sa inyo ang malaking silid sa itaas na
may nakaayos na kagamitan. Maghanda kayo roon para sa
atin."
16 Umalis ang mga alagad at pumasok sa lungsod, at
natagpuan nila ang ayon sa sinabi ni Jesus sa kanila at
inihanda nila ang hapunan ng Paglagpas.
17 At pagsapit ng gabi, si Jesus ay dumating kasama ng
labindalawa. 18 At habang sila ay nakadulog at kumakain,
sinabi ni Jesus, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo na ang
isa sa inyo na kumakaing kasalo ko ay ipagkakanulo ako."
19 At sila ay nagsimulang malungkot kaya isa-isa silang
nagsabi sa kaniya, "Ako ba?" at ang iba ay nagsabi, "Ako ba?"
20 Ngunit nang sumagot si Jesus, sinabi niya sa kanila,
"Ang isa sa labindalawa, siya na kasabay kong magsawsaw
sa mangkok. 21 Ang Anak ng Tao nga ay papanaw ayon sa
nasusulat patungkol sa kaniya subalit sa aba ng taong iyon
na sa pamamagitan niya ay maipagkakanulo ang Anak ng
Tao. Mabuti pa sa taong iyon kung hindi siya naipanganak."
22 Habang sila ay kumakain, si Jesus ay kumuha ng
tinapay, at nang siya ay nakapagpasalamat, pinagputul-putol
niya ito at ibinigay sa kanila at sinabi, "Kunin ninyo. Kainin
ninyo. Ito ay aking katawan."
23 At pagkatapos ay kinuha niya ang saro, at nang siya ay
nakapagpasalamat, ibinigay niya ito sa kanila at lahat sila ay
uminom mula sa saro. 24 At sinabi niya sa kanila, "Ito ang
aking dugo ng bagong tipan♦ na ibinuhos para sa marami.
25 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, kailanman ay hindi na
ako iinom mula sa bunga ng ubas hanggang sa araw na iyon
na kung kailan ay maiinom ko ang bago nito sa kaharian ng
Diyos."
26 Pagkaawit nila ng isang himno, sila ay pumunta sa
bundok ng mga Olibo.

14:15 Gaw 1:13
14:20 Jua 13:18-27
14:21 Mat 8:20
14:22 Mat 14:19
14:23 1Co 10:16
14:24 Mat 26:28
14:25 Mat 3:2
14:26 Mat 21:1

Ang Pagkakaila ni Pedro

Mat 26:31-35; Luc 22:31-34; Jua 13:36-38

27 At sinabi ni Jesus sa kanila, "Lahat kayo ay matitisod sa

akin sa gabing ito sapagkat nasusulat, ‘Sasaktan ko ang pastol
at ang mga tupa ay mangangalat.’
Zak 13:7

28 “Ngunit pagkatapos na ako ay ibangon, ako ay mauuna sa
inyo sa Galilea.”
29 Subalit sumagot si Pedro sa kaniya, “Kahit na matitisod
ang lahat, gayunpaman, ako ay hindi.”
30 Kaya sinabi ni Jesus sa kaniya, “Katotohanang sinasabi
ko sa iyo na sa araw na ito, sa gabing ito, bago tumilaok
nang dalawang ulit ang tandang ay tatlong ulit mo akong
ipagkakaila.”
31 Ngunit lalong mariing sinabi ni Pedro, “Kung kailangang
ako ay mamatay na kasama mo, hinding-hindi kita
ipagkakaila.”
Gayundin ang sinabi ng lahat.

Nanalangin si Jesus

Mat 26:36-46; Luc 22:39-46; Jua 18:1

32 Sila ay dumating sa lugar na ang pangalan ay Getsemane
at sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, “Umupo kayo rito
habang ako ay nananalangin.” **33** At isinama niya sina Pedro,
Santiago at Juan, at nagsimula siyang labis na mangamba
at labis na mabagabag. **34** At sinabi ni Jesus sa kanila, “Ang
kaluluwa ko ay lubhang nagdadalamhati hanggang sa
kamatayan. Manatili kayo rito at magbantay kayo.”
35 Nang siya ay nakalayo nang kaunti, siya ay nagpatirapa
sa lupa at nanalangin na kung maaari ay lumagpas sa kaniya
ang oras na ito. **36** Sinabi niya, “Abba♦, Ama, ang lahat ng mga
bagay ay magagawa mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito,
gayunpaman, hindi kung ano ang ninanais ko kundi kung ano
ang kalooban mo.”
37 At pinuntahan niya ang mga alagad at natagpuan silang
natutulog, at sinabi niya kay Pedro, “Simon, natutulog ka?
Hindi mo ba kayang magbantay nang isang oras? **38** Magbantay
kayo at manalangin upang hindi kayo pumasok sa tukso. Ang
espiritu nga ay nagnanais ngunit ang laman ay mahina.”
39 At nang siya ay muling umalis, siya ay nanalangin na
sinasabi ang gayunding salita. **40** At sa kaniyang pagbalik, sila
ay muli niyang natagpuang natutulog sapagkat mabigat na ang
kanilang mga mata, at hindi nila alam kung ano ang kanilang
isasagot sa kaniya.
41 At siya ay pumunta sa ikatlong pagkakataon at sinabi
sa kanila, “Natutulog pa ba kayo at nagpapahinga? Sapat
na iyan. Ang oras ay dumating na. Narito, ang Anak ng Tao
ay ipinagkakanulo sa mga kamay ng mga makasalanan.

14:30 Luc 22:34; Jua 13:38
14:31 Luc 22:33; Jua 13:37
14:33 Mat 4:21
14:34 Jua 12:27
14:35 Mat 26:18
14:36 Mat 20:22; Rom 8:15; Gal 4:6
14:38 Mat 6:13; Rom 7:22-23
14:41 Mat 26:18

42 Bumangon na kayo, aalis na tayo. Narito, siya na nagkakanulo
sa akin ay malapit na.”

Dinakip Nila si Jesus

Mat 26:47-56; Luc 22:47-53; Jua 18:2-12

43 At habang nagsasalita pa lamang siya, si Judas na isa
sa labindalawa ay dumating kaagad kasama ang lubhang
napakaraming tao, na may dala-dalang mga tabak at mga
pamalong kahoy, mula sa mga punong saserdote, sa mga
eskriba at sa matatanda. 44 Siya na nagkakanulo sa kaniya
ay nagbigay ng hudyat sa kanila na sinasabi, “Siya na aking
hahalikan, siya iyon. Dakpin ninyo siya at dalhing maingat.”
45 Pagdating ni Judas, kaagad siyang lumapit kay Jesus na
sinasabi, “Rabbi, Rabbi,” at magiliw niyang hinalikan si Jesus.
46 Kaya hinawakan nila si Jesus at dinakip siya. 47 Ngunit ang
isa sa mga nakatayo roon ay bumunot ng tabak at tinaga niya
ang alipin ng pinakapunong saserdote♦ at pinutol ang kaniyang
tainga.
48 At nang sumagot si Jesus, sinabi niya sa kanila, “Pumunta
ba kayo rito na may mga tabak at mga pamalong kahoy upang
dakpin ako na katulad ng isang tulisan? 49 Nagtuturo ako
sa templo araw-araw kasama ninyo ngunit hindi ninyo ako
dinakip. Subalit ito ay nangyari upang ang mga Kasulatan♦ ay
maganap.”
50 Nang iniwan ng lahat si Jesus, sila ay tumakbo.
51 Ngunit may sumusunod kay Jesus na isang binata na
nasusuotan ng telang lino ang hubad niyang katawan at siya
ay sinunggaban ng mga binata. 52 At pagkaiwan niya ng telang
lino, tumakbo siyang hubad palayo sa kanila.

14:43 Mat 10:4
14:45 Mat 23:7
14:49 Mat 1:22; 26:55
14:54 Mat 26:3; Jua 18:18
14:55 Mat 5:22
14:58 Jua 2:19

Si Jesus sa Harap ng Sanhedrin

Mat 26:57-68; Luc 22:54, 63-71; Jua 18:13-15, 19-24

53 Dinala nila si Jesus sa pinakapunong saserdote, at ang lahat
ng mga punong saserdote at ang matatanda at ang mga eskriba
ay nagtipon sa kaniya. 54 Si Pedro ay sumunod sa kaniya mula
sa malayo hanggang sa loob ng bulwagan ng pinakapunong
saserdote. At siya ay umupong kasama ng mga opisyal at
nagpapainit ng sarili malapit sa apoy.
55 Ang mga punong saserdote at ang buong Sanhedrin♦ ay
naghanap ng saksi laban kay Jesus upang maipapatay nila si
Jesus ngunit wala silang natagpuan 56 sapagkat marami ang
nagpatotoo ng kasinungalingan laban sa kaniya, ngunit ang
kanilang mga patotoo ay hindi magkakatugma.
57 At nang tumayo ang ilan, sila ay nagpatotoo ng
kasinungalingan laban sa kaniya na sinasabi, 58 “Narinig

namin siyang nagsasabi, ‘Gigibain ko ang banal na dako ng templong ito na gawa ng mga kamay, at sa loob ng tatlong araw ay magtatayo ako ng iba na hindi gawa ng mga kamay.’ ”
59 Gayunpaman, kahit ang patotoo nilang ito ay hindi magkakatugma.

60 At nang tumayo ang pinakapunong saserdote sa kalagitnaan, tinanong niya si Jesus, na sinasabi, “Wala kang isinasagot na anuman. Ano itong mga ipinaparatang laban sa iyo?” **61** Ngunit siya ay nanahimik at walang isinagot.

Muli siyang tinanong ng pinakapunong saserdote at sinabi sa kaniya, “Ikaw ba ang Cristo, ang Anak ng Pinagpala?”

62 At sinabi ni Jesus, “Ako nga. At makikita ninyo ang Anak ng Tao na nakaupo mula sa bahaging kanan ng Makapangyarihan at dumarating sa mga ulap ng langit.”

63 Kaya pinunit ng pinakapunong saserdote ang kaniyang mga tunika♦ at sinasabi, “Ano pa ang pangangailangan natin ng mga saksi? **64** Narinig ninyo ang kaniyang paglapastangan! Ano ito sa palagay ninyo?”

Kaya ang lahat ay humatol sa kaniya na siya ay nararapat sa kamatayan.

65 At sinimulan ng ilan na siya ay duraan, takpan ang kaniyang mukha, suntukin siya at sinabi sa kaniya, “Hulaan mo!” At siya ay pinagsasampal ng mga opisyal.

14:61 Mat 27:12, 14; Luc 23:9; Jua 19:9
14:62 Pah 1:7
14:63 Gaw 14:14
14:65 Mat 16:21
14:70 Gaw 2:7

Ipinagkaila ni Pedro si Jesus

Mat 26:69-75; Luc 22:55-62; Jua 18:15-18, 25-27

66 Nang si Pedro ay nasa bulwagan sa ibaba, dumating ang isa sa mga aliping babae ng pinakapunong saserdote. **67** At nang nakita niya si Pedro na nagpapainit ng kaniyang sarili, siya ay tinitigan niya at sinabi, “Ikaw rin ay kasama ni Jesus na taga-Nazaret.”

68 Ngunit siya ay nagkaila na nagsasabi, “Hindi ko alam, ni nauunawaan kung ano ang sinasabi mo.” At siya ay lumabas patungo sa portiko at tumilaok ang tandang.

69 At nang nakita siyang muli, ang alipin ay nagsimulang magsabi sa mga nakatayo roon, “Ang isang ito ay kasama nila.”
70 Ngunit ito ay muli niyang ipinagkaila.

At pagkatapos ng ilang sandali, ang mga nakatayo roon ay muling nagsabi kay Pedro, “Totoo, ikaw ay isa sa kanila sapagkat ikaw rin ay taga-Galilea at ang pagsasalita mo ay katulad sa isang taga-Galilea.”

71 Ngunit siya ay nagsimulang mag-alimura at manumpa na sinasabi, “Hindi ko kilala ang taong ito na inyong sinasabi.”

72 At sa ikalawang pagkakataon, ang tandang ay tumilaok at naalaala ni Pedro ang salitang sinabi ni Jesus sa kaniya, “Bago

tumilaok ang dalawang ulit ang tandang, tatlong ulit mo akong ipagkakaila." Nang naalaala niya ito, siya ay tumangis.

Si Jesus sa Harap ni Pilato

Mat 27:11-26; Luc 23:1-5; Jua 18:28-40

15 Kinaumagahan, ang mga punong saserdote ay kaagad bumuo ng sanggunian, kasama ang matatanda at ang mga eskriba at ang buong Sanhedrin. Pagkagapos nila kay Jesus, siya ay dinala nila at ibinigay kay Pilato. **2** At si Pilato ay nagtanong sa kaniya, "Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?"

Ngunit nang sumagot si Jesus, sinabi niya sa kaniya, "Ikaw ang nagsasabi."

3 At ang mga punong saserdote ay nagparatang sa kaniya ng maraming bagay ngunit wala siyang isinagot. **4** Kaya si Pilato ay muling nagtanong sa kaniya na sinasabi, "Wala ka bang isinasagot na anuman? Tingnan mo kung gaano karami ang ipinaparatang nila laban sa iyo" **5** Ngunit si Jesus ay wala pa ring anumang isinagot upang mamangha si Pilato.

6 Subalit ayon sa kaugalian ng pista, siya ay magpapalaya sa kanila ng isang bilanggo, sinuman ang kanilang hilingin. **7** At may isang lalaki na tinatawag na Barabas. Siya ay nakabilanggo kasama ang mga manghihimagsik na mga nakapatay sa isang pag-aalsa. **8** Nang sumigaw ang napakaraming tao, nagsimula silang humiling kay Pilato na gawin ang ayon sa palagi niyang ginagawa para sa kanila. **9** Ngunit sumagot si Pilato sa kanila na sinasabi, "Ibig ba ninyong palalayain ko sa inyo ang Hari ng mga Judio?" **10** Sinabi niya ito sapagkat alam niya na dahil sa inggit, si Jesus ay dinala ng mga punong saserdote sa kaniya.

11 Ngunit inudyukan ng mga punong saserdote ang napakaraming tao, na sa halip ay si Barabas ang mapalaya para sa kanila. **12** Subalit nang sumagot si Pilato, muli niyang sinabi sa kanila, "Ano ngayon ang ibig ninyong gawin ko sa kaniya na tinatawag ninyong Hari ng mga Judio?"

13 At muli silang sumigaw, "Ipako siya sa krus!"

14 At sinabi ni Pilato sa kanila, "Bakit, ano ang masama na kaniyang ginawa?"

Subalit lalo pa silang sumigaw, "Ipako siya sa krus!"

15 Kaya sa pagnanais ni Pilato na mabigyang-lugod ang napakaraming tao, pinalaya niya si Barabas sa kanila at ibinigay niya si Jesus sa kanila pagkatapos niyang hagupitin, upang siya ay maipako sa krus.

Nilibak ng mga Kawal si Jesus

Mat 27:27-31; Jua 19:1-3

16 Kaya dinala siya ng mga kawal sa loob ng bulwagan na

15:1 Mat 27:1; Luc 22:66
15:2 Mat 2:2
15:11 Gaw 3:14
15:16 Jua 18:28

tinatawag na Pretorio♦ at tinawag nilang magtipon ang buong batalyon♦. 17At siya ay dinamitan nila ng kulay ube at ipinutong nila sa kaniyang ulo ang nakatirintas na putong na tinik. 18At sila ay nagsimulang bumati sa kaniya na sinasabi, "Magalak ka, Hari ng mga Judio!" 19At siya ay kanilang hinampas ng tambo sa ulo at dinuraan siya, at sa kanilang pagluhod, siya ay sinamba nila. 20At pagkatapos nila siyang kutyain, hinubad nila sa kaniya ang kulay ubeng damit at isinuot sa kaniya ang kaniyang mga damit. At siya ay kanilang dinala palabas upang ipako sa krus.

Ipinako Nila si Jesus sa Krus

Mat 27:32-44; Luc 23:26-43; Jua 19:17-27

21At pagdaan ni Simon na taga-Cerene na dumating galing sa kaniyang bukid, siya ay pinilit nilang magbuhat ng krus ni Jesus. Siya ay ama nina Alejandro at Rufo. 22At dinala nila si Jesus sa dako ng Golgota♦ na ang kahulugan ay Dako ng Bungo. 23At siya ay binigyan nila ng alak na hinaluan ng mira♦ upang kaniyang inumin, ngunit hindi niya ito tinanggap. 24At pagkatapos nila siyang ipako sa krus, pinaghati-hatian nila ang kaniyang mga damit sa palabunutan, kung alin ang makukuha ng bawat isa.

25Ikatlo na ang oras nang siya ay ipinako nila sa krus. 26At ang nakaukit na nakasulat na paratang sa kaniya ay: ANG HARI NG MGA JUDIO. 27At kasama sa kaniya, ang dalawang tulisan ay kanilang ipinako sa krus, ang isa ay nasa bahaging kanan at ang isa ay nasa bahaging kaliwa niya. 28At naganap ang Kasulatan na nagsasabi, "Siya ay ibinilang sa mga hindi kumikilala sa kautusan."

Isa 53:12

29At siya ay nilapastangan ng mga dumaraan, na iniiling ang kanilang mga ulo at sinasabi, "Aba, ikaw na gigiba ng banal na dako ng templo at sa ikatlong araw ay itatayo ito, 30iligtas mo ang iyong sarili at bumaba ka sa krus."

31Gayundin naman, sa pagkutya ng mga punong saserdote kasama ang mga eskriba, sinabi nila sa isa't isa, "Iniligtas niya ang iba ngunit hindi niya kayang iligtas ang kaniyang sarili. 32Cristo, Hari ng Israel, bumaba ka ngayon mula sa krus upang makita namin at maniwala kami."

At sila na mga kasama niyang ipinako sa krus ay umalipusta sa kaniya.

Si Jesus ay Namatay

Mat 27:45-46; Luc 23:44-49; Jua 19:28-37

33Nang dumating ang ikaanim na oras, nagkaroon ng

15:20 Heb 13:12
15:21 Mat 27:32; Luc 23:26; Rom 16:13
15:29 Jua 2:19

kadiliman sa buong lupain hanggang sa ikasiyam na oras. **34**At sa ikasiyam na oras, sumigaw si Jesus na may malakas na tinig na nagsasabi, "Eloi, Eloi, lama sabachthani?" Ang kahulugan nito ay, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?"

Awi 22:1

35Nang narinig ito ng ilan sa mga nakatayo roon, sinabi nila, "Narito, tinatawag niya si Elias." **36**Ngunit nang tumakbo ang isang tao, pinuno niya ng maasim na alak ang isang espongha at inilagay niya sa isang tambo upang ipainom sa kaniya, at nagsabi, "Pabayaan ninyo siya, tingnan natin kung darating si Elias upang ibaba siya."

37At pagkasigaw ni Jesus na may malakas na tinig, nalagutan siya ng hininga.

38At ang tabing ng banal na dako ng templo ay napunit sa dalawa mula sa itaas hanggang sa ibaba. **39**Nang nakita ng senturion♦ na nakatayo sa tapat ni Jesus, na sa ganoong pagsigaw ay nalagutan siya ng hininga, siya ay nagsabi, "Totoong ang taong ito ay ang Anak ng Diyos."

40May mga babae ring nakatingin mula sa malayo, kabilang sa kanila sina Maria na taga-Magdala, at si Maria na ina ni Santiago na maliit at ni Jose, at si Salome **41**(sila rin ang mga sumunod at naglingkod kay Jesus habang siya ay nasa Galilea,) at ang marami pang ibang babae na kasama niyang umahon sa Jerusalem.

15:37 Jua 19:30
15:38 Heb 10:19-20
15:39 Mat 4:3
15:40 Luc 24:10; Jua 19:25
15:41 Mat 27:55-56; Luc 8:2-3
15:42 Mat 27:62; Jua 19:31
15:43 Mat 5:22; Luc 2:25,38
16:1 Luc 23:56; Jua 19:39-40

Inilibing Nila si Jesus

Mat 27:57-61; Luc 23:50-56; Jua 19:38-42

42Nang sumapit na ang gabi, yamang noon ay Araw ng Paghahanda♦, ang araw bago ang Sabat, **43**dumating si Jose na mula sa Arimatea, na isang marangal na tagapayo at naghihintay rin sa paghahari ng Diyos. Siya ay naglakas-loob na pumunta kay Pilato upang hilingin ang katawan ni Jesus. **44**Ngunit nagtaka si Pilato na namatay na pala si Jesus, kaya pagkatawag niya sa senturion, itinanong niya kung matagal na siyang namatay. **45**Nang nabatid niya ito sa senturion, ibinigay niya ang katawan kay Jose. **46**Pagkatapos niyang bumili ng telang lino, ibinaba niya si Jesus at siya ay kaniyang binalot ng telang lino at inilagay sa libingan na iniuka mula sa bato, at iginulong niya ang bato sa bukana ng libingan. **47**At nakita ni Maria na taga-Magdala at ni Maria na ina ni Jose kung saan siya inilagay.

Si Jesus ay Muling Nabuhay

Mat 28:1-10; Luc 24:1-12; Jua 20:1-18

16 Pagkalipas ng Sabat, si Maria na taga-Magdala at si Maria na ina ni Santiago at si Salome ay bumili ng

mabangong mga pamahid upang puntahan at pahiran si Jesus. 2 Maagang-maaga, sa unang araw ng sanlinggo, pumunta sila sa libingan habang papasikat ang araw. 3 Sinabi nila sa isa't isa, “Sino ang magpapagulong ng bato mula sa bukana ng libingan para sa atin?” 4 Nang sila ay tumingin, nakita nila na naigulong na ang bato bagaman ito ay lubhang napakalaki. 5 At nang pumasok sila sa loob ng libingan, nakita nila ang binata na nakaupo sa bahaging kanan na nakasuot ng puting kasuotan, at sila ay lubhang namangha.

6 At sinabi niya sa kanila, “Huwag kayong mamangha. Hinahanap ninyo si Jesus na taga-Nazaret na ipinako sa krus. Nagbangon siya! Wala siya rito. Narito ang dako kung saan nila siya inilagay. 7 Ngunit humayo kayo at sabihin ninyo sa kaniyang mga alagad at kay Pedro, na siya ay mauuna sa inyo sa Galilea. Doon ay makikita ninyo siya kagaya ng sinabi niya sa inyo.”

8 Sa kanilang dagliang paglabas, sila ay tumakbo mula sa libingan. Ngunit sila ay nagkaroon ng panginginig at pagtataka kaya wala silang sinabing anuman sa kaninuman dahil sa takot.

9 Nang si Jesus ay bumangon sa unang araw ng sanlinggo, siya ay unang nagpakita kay Maria na taga-Magdala, na mula sa kaniya ay pinalabas ni Jesus ang pitong demonyo. 10 Pagkaalis ni Maria, isinalaysay niya ito sa kanila na mga naging kasama ni Jesus habang sila ay nagdadalamhati at namimighati. 11 Ngunit sila na nakarinig, na siya ay nabubuhay at siya ay nakita ni Maria, ay hindi naniwala.

16:5 Jua 20:12
16:7 Jua 21:1-23
16:9 Jua 20:11-18
16:11 Luc 24:11
16:12 Luc 24:13-32
16:14 Luc 24:36-43

Nagpakita si Jesus sa Dalawang Alagad

Luc 24:13-35

12 Ngunit pagkatapos ng mga bagay na ito, siya ay nagpakita sa ibang anyo sa dalawa mula sa kanila habang sila ay naglalakad patungo sa kanilang bukid. 13 Nang sila ay nakaalis na, ipinahayag nila ito sa mga iba nilang kasama, ngunit hindi nila pinaniwalaan ang mga iyon.

Nagpakita si Jesus sa mga Alagad

Luc 24:36-43; Jua 20:19-23

14 Pagkatapos nito, nagpakita siya sa labing-isa habang sila ay nakahilig sa may hapag at sinumbatan niya ang kanilang kawalan ng pananampalataya at katigasan ng puso sapagkat hindi nila pinaniwalaan yaong mga nakakita na siya ay ibinangon na.

Ang Dakilang Utos

Mat 28:16-20; Luc 24:44-49

16:15 Mat 28:18-20; Luc 24:47-48; Gaw 1:8
16:16 Jua 3:16, 18,36
16:17 Luc 10:17; Jua 4:48; Gaw 5:16; 1Co 12:10
16:18 Luc 10:19
16:19 Luc 24:50-51; Jua 6:62; Rom 8:34; Col 3:1; 1Ti 3:16; Heb 1:3
16:20 Jua 4:48

15 At sinabi niya sa kanila, "Sa inyong paghayo sa buong
sanlibutan, ipangaral ninyo ang ebanghelyo sa bawat nilikha.
16 Siya na sumampalataya at mabawtismuhan ay maliligtas,
ngunit siya na hindi sumampalataya ay hahatulan. **17** Ngunit
sa kanila na mga sumasampalataya, ang mga tanda na ito ay
susunod sa kanila: sila ay magpapalayas ng mga demonyo sa
aking pangalan, sila ay magsasalita ng mga bagong wika, **18** sila
ay dadampot ng mga ahas, at kapag makainom sila ng anumang
bagay na nakakamatay ay hinding-hindi sila masasaktan, sila
ay magpapatong ng mga kamay sa may mga karamdaman at
sila ay gagaling."

19 Kaya nga, pagkatapos magsalita ang Panginoon sa kanila,
siya ay dinalang paitaas sa langit at umupo sa bahaging kanan
ng Diyos. **20** Kaya sa kanilang pag-alis, sila ay nangaral sa
lahat ng dako, ang Panginoon ay gumagawang kasama nila at
pinagtitibay niya ang salita sa pamamagitan ng mga tanda na
sumusunod. Siya nawa.

ANG EBANGHELYO AYON KAY LUCAS

Sumulat: Lucas
Para Kanino: Sa mga mananampalatayang Gentil
Taon: A.D. 57-59

Panimulang Salita sa Ebanghelyo Ayon kay Lucas

Inutusan ni Jesus ang kaniyang mga tagasunod na ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng mga bansa. Ang naunang iglesiya ay sumunod sa utos na iyon. Maraming Gentil ang naging tagasunod ni Cristo. Ang mga bagong mananampalatayang ito ay nangangailangan ng mapagkakatiwalaang kasulatan upang mapagtibay ang itinuturo sa kanila ng mga mangangaral. Isinulat ni Lucas ang kaniyang ebanghelyo para sa layuning ito. Isinulat niya ito mismo para sa isang lalaki na ang pangalan ay Teofilo na isang Gentil ngunit ang ebanghelyo ni Lucas ay para sa lahat ng mga Gentil na mananampalataya. Si Lucas ang sumulat ng Mga Gawa pagkatapos niyang isulat ang ebanghelyong ito (Gaw 1:1). Yamang isinulat niya ang Mga Gawa sa panahong A.D. 61, maaring isinulat niya ang ebanghelyong ito sa panahong A.D. 57-59.

Hinayaan ng Diyos na maranasan ni Lucas ang napakaraming bagay sa kaniyang buhay upang maisulat ang ebanghelyong ito. Maaaring siya lamang ang manunulat na Gentil sa lahat ng manunulat sa Bagong Tipan. Siya ay isang manggagamot (Col 4:14), at sa maraming pagkakataon ay kasama siya ni Pablo sa kaniyang mga paglalakbay, ayon sa Mga Gawa. Hindi siya isang saksi sa mga paglilingkod ni Jesus. Sa halip, ang kaniyang mga nalalaman ay nakuha niya sa pamamagitan ng masusing pananaliksik (1:1-4). Ginamit ng Diyos si Lucas upang isulat ang maraming pangyayari na hindi isinulat ng ibang tatlong manunulat ng ebanghelyo. Sa katunayan, ang ebanghelyo ni Lucas ang pinakamahabang aklat sa lahat ng mga aklat sa Bagong Tipan.

Isinaayos ni Lucas ang kaniyang ebanghelyo nang ayon sa mga lugar kung saan naglingkod si Jesus. Ipinakilala niya si Jesus (1:1-2:52) at sumulat patungkol sa kaniyang paghahanda para sa paglilingkod (3:1-4:13). Pagkatapos ay isinalaysay niya ang paglilingkod ni Jesus sa Galilea (4:14-9:50), ang kaniyang paglilingkod sa kaniyang pagpunta sa Jerusalem (9:51-19:44), at ang kaniyang paglilingkod sa Jerusalem (19:45-24:53). Higit na pinagtuunan ni Lucas ang Jerusalem sapagkat gaganapin ni Cristo ang kaligtasan sa Jerusalem.

Ang Ebanghelyo ni Lucas ay nagpapakita na si Jesus ay ang ganap na tao at Tagapagligtas. Bilang tao, pinahalagahan niya ang pananalangin at namuhay siyang may pagtitiwala sa Espiritu. Bilang Tagapagligtas, ang hinahangad ni Jesus ay maipanumbalik sa Diyos ang makasalanan sa pamamagitan ng pagsisisi. Ang makasalanan ay maaring isang lalaki o isang babae, mayaman o mahirap, bata o matanda, Judio, Gentil o Samaritano. Si Jesus ay pumarito upang magdala ng kapatawaran sa mga napahamak at bigyan sila ng dahilan upang magalak.

Malinaw na ipinakikilala ni Lucas na “ang Anak ng Tao ay pumarito upang hanapin at iligtas ang napahamak” (19:10).

Balangkas ng Ebanghelyo Ayon kay Lucas:

Ang pagpapakilala kay Cristo (*1:1-2:52*).
I. Ang paghahanda ni Cristo para sa paglilingkod (*3:1-4:13*).
II. Ang pangmadlang paglilingkod ni Cristo (*4:14-24:53*).
  a. Sa Galilea (*4:14-9:50*)
  b. Sa daang papunta sa Jerusalem (*9:51-19:44*)
  c. Sa Jerusalem (*19:45-24:53*)

Panimulang Salita

1 Kagalang-galang na Teofilo, yamang marami ang
nagsagawa upang isaayos ang salaysay patungkol sa mga
bagay na lubos na pinaniwalaan sa atin 2ayon sa pagbigay sa
atin ng mga saksing nakakita at ng mga lingkod ng salita buhat
sa simula, 3minabuti ko rin na isulat sa iyo nang ganap ayon sa
pagkasunud-sunod ang lahat ng mga bagay na maingat kong
sinubaybayan mula pa nang una, 4upang malaman mo ang
katiyakan ng mga salitang itinuro sa iyo.

Ang Kapanganakan ni Juan na Tagapagbawtismo

5Sa mga araw ni Herodes na hari ng Judea ay may isang
saserdote na ang pangalan ay Zacarias mula sa pangkat ni
Abias. Ang kaniyang asawa ay isa sa mga babaing anak ni
Aaron at ang kaniyang pangalan ay Elisabet. 6Sila ay kapwa
matuwid sa harapan ng Diyos na namumuhay nang walang
kapintasan sa lahat ng mga utos at mga alituntunin ng
Panginoon. 7At sila ay walang anak sapagkat si Elisabet ay
baog at kapwa lipas na ang kanilang mga taon.

8At nangyari na habang ginagampanan ni Zacarias ang
paglilingkod bilang saserdote sa harapan ng Diyos ayon sa
pagkakahanay ng kaniyang pangkat, 9at ayon sa kaugalian ng
paglilingkod bilang saserdote, natanggap niya sa palabunutan
ang pagsunog ng insenso nang siya ay pumasok sa banal na
dako ng templo ng Panginoon. 10At ang lahat ng napakaraming
tao ay nananalangin sa labas sa oras ng pagsusunog ng insenso.
11At isang anghel♦ ng Panginoon ay nagpakita sa kaniya na
nakatayo sa dakong kanan ng dambana♦ ng insenso. 12At si
Zacarias ay naguluhan at natakot pagkakita niya sa anghel.

13Ngunit sinabi ng anghel sa kaniya, "Huwag kang matakot,
Zacarias, sapagkat ang iyong kahilingan ay dininig na. Ang
iyong asawang si Elisabet ay magsisilang sa iyo ng isang
lalaki at ang pangalang itatawag mo sa kaniya ay Juan. 14At
magkakaroon ka ng kagalakan at labis na kagalakan, at marami
ang magagalak sa kaniyang kapanganakan, 15sapagkat siya ay
magiging dakila sa harapan ng Panginoon. Siya ay hinding-
hindi iinom ng alak at ng nakakalasing na inumin. At siya ay
mapupuspos ng Banal na Espiritu mula sa sinapupunan ng
kaniyang ina, 16at marami sa mga anak ni Israel ang kaniyang
papanumbalikin sa Panginoon nilang Diyos. 17Siya ay hahayo
sa harapan ng Panginoon sa espiritu at kapangyarihan ni
Elias 'upang panumbalikin ang mga puso ng mga ama sa mga
anak,' at ang mga masuwayin patungo sa karunungan ng mga
matuwid upang ihanda ang isang bayang nakahanda na sa
Panginoon."

1:2 Mar 1:1; Jua 15:27; Heb 2:3; 1Pe 5:1
1:3 Gaw 1:1; 11:4
1:4 Jua 20:31; Gaw 2:42
1:5 Mat 2:1
1:11 Gaw 5:19
1:13 Mat 14:27
1:15 Gaw 10:44; Gal 1:15; Efe 5:18
1:17 Mat 3:3; 11:14

18 Ngunit sinabi ni Zacarias sa anghel, “Paano ko ito
malalaman? Sapagkat ako ay matanda na at lipas na ang mga
taon ng aking asawa.”
19 Subalit sumagot ang anghel at sinabi sa kaniya, “Ako
ay si Gabriel na siyang nakatayo sa harapan ng Diyos. Ako
ay sinugo upang makipag-usap sa iyo at upang ipahayag
sa iyo ang mabubuting balitang ito. 20 Kaya narito, ikaw ay
magiging pipi at hindi ka makakapagsalita hanggang sa
araw na magaganap ang mga bagay na ito sapagkat hindi ka
sumampalataya sa aking mga salita na matutupad sa kanilang
kapanahunan.”
21 At ang mga tao ay naghihintay kay Zacarias at sila ay
namangha sa kaniyang pagtatagal sa loob ng banal na dako
ng templo. 22 Ngunit nang siya ay lumabas, siya ay hindi
makapagsalita sa kanila kaya nalaman nila na siya ay nakakita
ng pangitain sa banal na dako ng templo. At siya ay nakipag-
usap sa kanila sa pamamagitan ng senyas at siya ay nanatiling
pipi.
23 At nangyari, nang naganap ang mga araw ng kaniyang
paglilingkod, siya ay umuwi sa kaniyang bahay. 24 Ngunit
pagkalipas ng mga araw na iyon, ang kaniyang asawang si
Elisabet ay naglihi at siya ay nagtago nang limang buwan.
Sinabi niya, 25 “Ganito ang ginawa ng Panginoon sa akin sa
mga araw na ako ay kaniyang isinaalang-alang upang alisin
ang aking kahihiyan sa mga tao.”

Ang Kapanganakan ni Jesus

26 Sa ikaanim na buwan, ang anghel na si Gabriel ay isinugo
ng Diyos, sa isang lungsod ng Galilea na ang pangalan ay
Nazaret, 27 sa isang birhen na ipinagkasundong mapangasawa
ng lalaki na ang pangalan ay Jose na mula sa angkan ni David.
At ang pangalan ng birhen ay Maria. 28 Paglapit ng anghel sa
kaniya ay sinabi nito, “Magalak ka, ikaw na pinagpala! Ang
Panginoon ay sumasaiyo. Pinagpala ka sa mga kababaihan.”
29 Nang makita ni Maria ang anghel, siya ay naguluhan sa
sinabi nito at pinagbulayan kung anong uri ng pagbati ito.
30 Sinabi ng anghel sa kaniya, “Maria, huwag kang matakot
sapagkat nakasumpong ka ng biyaya mula sa Diyos. 31 Narito,
ikaw ay maglilihi sa iyong sinapupunan at manganganak
ng isang lalaki at ang pangalang itatawag mo sa kaniya ay
Jesus. 32 Siya ay magiging dakila at siya ay tatawaging Anak
ng Kataas-taasan at ibibigay ng Panginoong Diyos sa kaniya
ang trono ng kaniyang amang si David. 33 Siya ay maghahari
sa sambahayan ni Jacob magpakailanman at ang kaniyang
paghahari ay hindi magwawakas.”

1:26 Mat 2:23
1:27 Mat 1:16; Luc 2:4
1:30 Mat 14:27
1:31 Mat 1:21,25
1:32 Mat 1:1; Mar 5:7
1:33 Mat 28:18; Heb 1:8

34 Ngunit sinabi ni Maria sa anghel, "Paano ito mangyayari
yamang ako ay walang nakikilalang lalaki?"
35 Subalit ang anghel ay sumagot at sinabi sa kaniya,
"Darating sa iyo ang Banal na Espiritu, at ang kapangyarihan
ng Kataas-taasan ay lililim sa iyo, at dahil dito, ang Banal na ito
na iyong ipapanganak ay tatawaging Anak ng Diyos. 36 Narito,
si Elisabet na iyong pinsan ay naglihi rin ng isang anak na
lalaki sa kaniyang katandaan at ikaanim na buwan na ito sa
kaniya na tinawag na baog, 37 sapagkat walang hindi matutupad
sa lahat ng sinabi ng Diyos."
38 At sinabi ni Maria, "Narito, ang babaing alipin ng
Panginoon! Mangyari nawa sa akin ang ayon sa iyong salita."
At siya ay iniwan ng anghel.

Dumalaw si Maria kay Elisabet

39 Sa mga araw na iyon, si Maria ay tumindig at
nagmamadaling pumunta sa lupaing maburol sa lungsod ng
Juda. 40 At siya ay pumasok sa bahay ni Zacarias at bumati kay
Elisabet. 41 At nangyari, nang narinig ni Elisabet ang pagbati
ni Maria, ang sanggol sa kaniyang sinapupunan ay lumundag.
At si Elisabet ay napuspos ng Banal na Espiritu. 42 At siya ay
sumigaw na may malakas na tinig at sinabi, "Pinagpala ka sa
mga kababaihan at pinagpala ang bunga ng iyong sinapupunan!
43 Papaano nangyari ito sa akin na ang ina ng aking Panginoon
ay makapunta sa akin? 44 Narito, nang ang iyong pagbati ay
nakaabot sa aking pandinig, ang sanggol sa aking sinapupunan
ay lumundag dahil sa labis na kagalakan. 45 Pinagpala ang
babae na sumampalataya sapagkat magkakaroon ng kaganapan
ang mga bagay na sinabi sa kaniya ng Panginoon."

1:35 Mat 1:18; 4:3
1:37 Mat 19:26
1:43 Jua 13:13
1:47 1Ti 1:1
1:52 Mat 23:12

Ang Awit ni Maria

46 Sinabi ni Maria, "Dinadakila ng aking kaluluwa ang
Panginoon 47 at ang aking espiritu ay lubos na nagalak sa Diyos
na aking Tagapagligtas, 48 dahil nilingap niya ang kababaan
ng kaniyang aliping babae. Narito! Sapagkat mula ngayon,
ang lahat ng mga saling lahi ay ituturing akong pinagpala,
49 dahil ang Makapangyarihan ay gumawa ng mga dakilang
bagay sa akin, at banal ang kaniyang pangalan. 50 Ang
kaniyang kahabagan ay sa kanila na may takot sa kaniya mula
sa salinlahi ng mga saling lahi. 51 Siya ay nagpakita ng lakas
sa pamamagitan ng kaniyang bisig. Ikinalat niya ang mga
mapagmataas sa pang-unawa ng kanilang mga puso. 52 Ibinaba
niya ang mga makapangyarihan mula sa kanilang mga
trono at itinaas niya ang mga mababababang-loob. 53 Ang mga
nagugutom ay binusog niya ng mabubuting bagay at ang mga

nagpapayaman ay pinaalis niyang walang dala. 54Tinulungan
niya si Israel na kaniyang lingkod upang maalala ang kaniyang
kahabagan 55kagaya ng sinabi niya sa ating mga ninuno, kay
Abraham at sa kaniyang binhi magpakailanman."
56At si Maria ay nanatiling kasama ni Elisabet nang halos
tatlong buwan at umuwi sa kaniyang bahay pagkatapos nito.

Isinilang si Juan na Tagapagbawtismo

57At dumating na ang panahon ng panganganak ni Elisabet
at siya ay nagsilang ng isang anak na lalaki. 58Narinig ng
kaniyang mga kapitbahay at ng kaniyang mga kamag-anak na
dinadagdagan ng Panginoon ang kaniyang kahabagan sa kaniya
at sila ay nakigalak sa kaniya.
59At nangyari na sa ikawalong araw, sila ay dumating upang
tuliin ang bata. At siya ay tinawag nilang Zacarias alinsunod sa
pangalan ng kaniyang ama. 60Ngunit sumagot ang kaniyang ina
at sinabi, "Hindi, sa halip, siya ay tatawaging Juan."
61Subalit sinabi nila sa kaniya, "Wala ni isa sa iyong mga
kamag-anak ang tinawag sa pangalang ito." 62At sila ay
sumenyas sa kaniyang ama kung ano ang ninanais niyang
itawag sa sanggol.
63At nang siya ay nakahingi ng mapagsusulatan, siya ay
sumulat na sinasabi, "Juan ang kaniyang pangalan." At silang
lahat ay namangha. 64At kaagad nabuksan ang kaniyang bibig
at ang kaniyang dila ay nakalagan at siya ay nagsalita na
nagpupuri sa Diyos. 65At nagkaroon ng takot ang lahat ng mga
naninirahan sa kanilang paligid. At ang lahat ng mga salitang
ito ay pinag-usap-usapan sa buong maburol na lupain ng Judea.
66Isinapuso ng lahat ng mga nakarinig ang mga bagay na ito na
sinasabi, "Magiging ano kaya ang batang ito?" At ang kamay
ng Panginoon ay sumakaniya.

Ang Awit ni Zacarias

67Si Zacarias na kaniyang ama ay napuspos ng Banal na
Espiritu at naghayag na sinasabi, 68"Purihin ang Panginoon,
ang Diyos ng Israel sapagkat dinalaw niya at tinubos ang
kaniyang bayan, 69at ibinangon ang isang sungay ng kaligtasan
para sa atin sa sambahayan ni David na kaniyang lingkod
70ayon sa kaniyang sinabi sa pamamagitan ng bibig ng
kaniyang mga banal na propeta mula noong una. 71Ito ay ang
kaligtasan mula sa ating mga kaaway at mula sa kamay ng lahat
ng mga namumuhi sa atin, 72upang isagawa ang kahabagan sa
ating mga ninuno at upang alalahanin ang kaniyang banal na
tipan♦. 73Ito ang pangako na kaniyang sinumpaan kay Abraham
na ating ama, 74upang ipagkaloob sa atin na mga iniligtas mula

1:55 Gal 3:16
1:59 Flp 3:5
1:60 Mat 3:1
1:63 Mat 3:1
1:66 Gaw 11:21
1:68 Luc 7:16
1:69 Mat 1:1
1:70 Gaw 3:21; Rom 1:2
1:73 Heb 9:14; 1Jn 4:18

sa kamay ng ating mga kaaway, upang maglingkod sa kaniya
nang walang takot, 75sa kabanalan at sa katuwiran sa kaniyang
harapan habang tayo ay nabubuhay. 76At ikaw, maliit na bata,
ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan sapagkat hahayo ka sa
harapan ng Panginoon upang ihanda ang kaniyang mga daan,
77upang magbigay ng kaalaman ng kaligtasan sa kaniyang
bayan sa pamamagitan ng kapatawaran ng kanilang mga
kasalanan 78sa pamamagitan ng mahabaging kalooban ng ating
Diyos kung saan ang Sikat ng Liwanag mula sa kaitaasan ay
dumalaw sa atin, 79upang magliwanag sa mga nasa kadiliman
at sa mga nakaupo sa lilim ng kamatayan, upang patnubayan
ang ating mga paa sa landas ng kapayapaan."

80At ang maliit na bata ay lumaki at lumakas sa espiritu. At
siya ay nanatili sa mga ilang hanggang sa araw ng kaniyang
pagpapakita sa Israel.

1:75 Efe 4:24
1:76 Mat 11:9; Mar 5:7
1:77 Mat 1:21; Mar 1:4
1:79 Mat 4:16; Gaw 26:18
1:80 Luc 2:40,52

Ipinanganak si Jesus

Mat 1:18-2:1

2:1 Mat 22:17; 24:14
2:2 Mat 4:24; Gaw 15:23,41; Gal 1:21
2:4 Jua 7:42
2:9 Gaw 5:19
2:10 Mat 14:27
2:11 Mat 1:16, 21; Jua 3:17; 13:13; Gaw 5:31; Rom 11:14; 1Ti 4:10; 1Jn 4:14

2 At nangyari, na sa mga araw na iyon ay lumabas ang isang
batas mula kay Augusto Cesar♦ na magpatala ang buong
sangkatauhan. 2Ang pagpapatalang ito ay unang nangyari nang
si Cirenio ay gobernador ng Siria. 3Kaya ang lahat ay pumunta
upang makapagpatala, bawat isa sa kaniyang sariling lungsod.

4At si Jose ay umahon din buhat sa Galilea, mula sa
lungsod ng Nazaret patungo sa Judea, sa lungsod ni David na
tinatawag na Bethlehem dahil siya ay kabilang sa sambahayan
at angkan ni David, 5upang magpatalang kasama si Maria,
na ipinagkasundong mapangasawa niya, na nasa kabuwanan
na noon. 6At nangyari, na habang sila ay naroroon, sumapit
ang araw ng kaniyang panganganak. 7At isinilang niya ang
kaniyang panganay na anak na lalaki at siya ay binalot ng
mahabang tela at inihiga niya sa sabsaban sapagkat wala ng
lugar para sa kanila sa bahay-tuluyan.

Ibinalita ng mga Anghel sa mga Pastol

8Sa lupain ding iyon ay may mga pastol ng tupa na nananatili
sa parang at sa gabi ay nagbabantay sa kanilang kawan. 9Narito,
tumayo sa tabi nila ang isang anghel ng Panginoon at ang
kaluwalhatian ng Panginoon ay nagliwanag sa palibot nila,
kaya sila ay labis na natakot. 10At sinabi ng anghel sa kanila,
"Huwag kayong matakot. Narito, ipinapahayag ko sa inyo ang
ebanghelyo ng malaking kagalakan na darating sa lahat ng tao
11sapagkat sa araw na ito sa lungsod ni David ay ipinanganak
sa inyo ang isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo, ang
Panginoon. 12At ito ang palatandaan sa inyo, matatagpuan

ninyo ang sanggol na nakabalot na ng mahabang tela, na
nakahiga sa sabsaban."
13 At biglang lumitaw kasama ng anghel ang napakaraming
makalangit na hukbo na nagpupuri sa Diyos, na sinabi,
14 "Kaluwalhatian sa Diyos sa kataas-taasan, at kapayapaan sa
lupa, kaluguran para sa mga tao!"
15 At nangyari, nang sila ay iniwan ng mga anghel patungo
sa langit, ang mga lalaking pastol ng tupa ay nagsabi sa isa't
isa, "Kailangang makapunta tayo hanggang sa Bethlehem
at matingnan natin itong pahayag na nangyari, na ipinaalam
sa atin ng Panginoon." 16 At sila ay nagmadaling pumaroon
at kanilang natagpuan si Maria at si Jose, at ang sanggol
na nakahiga sa sabsaban. 17 At nang ito ay kanilang nakita,
kanilang ipinamalita ang sinabi sa kanila patungkol sa sanggol
na ito. 18 At ang lahat ng mga nakarinig nito ay namangha sa
mga sinabi sa kanila ng mga pastol ng tupa. 19 Ngunit iningatan
ni Maria ang lahat ng mga salitang ito at pinagbubulay-bulayan
sa kaniyang puso. 20 At ang mga pastol ng tupa ay bumalik na
niluluwalhati at pinupuri ang Diyos sa lahat ng mga bagay na
kanilang narinig at nakita ayon sa sinabi sa kanila.

2:14 Luc 1:79; Jua 14:27; Rom 5:1; Efe 2:14,17
2:20 Mat 9:8
2:21 Luc 1:31,59
2:25 Luc 1:6; 23:51
2:29 Gaw 2:24
2:30 Luc 3:6

Dinala si Jesus sa Templo

21 Nang dumating ang ikawalong araw upang tuliin ang
sanggol, ang pangalan namang itinawag sa kaniya ay Jesus, ang
itinawag ng anghel bago siya ipinaglihi sa sinapupunan.
22 At nang naganap na ang araw ng pagdadalisay ni Maria
ayon sa Kautusan ni Moises, dinala nila si Jesus sa Jerusalem
upang iharap sa Panginoon, 23 (ayon sa nasusulat sa Kautusan
ng Panginoon, "Ang bawat batang lalaki na nagbubukas ng
sinapupunan ay tatawaging banal sa Panginoon.") 24 at upang
maghandog ng hain ayon sa sinabi sa Kautusan ng Panginoon,
"Isang pares na batu-bato o dalawang inakay na kalapati."
25 At narito, may isang lalaki sa Jerusalem na ang pangalan
ay Simeon. Ang lalaking ito ay matuwid at matapat sa Diyos, na
naghihintay sa kaaliwan ng Israel at ang Banal na Espiritu ay
sumasakaniya. 26 At ito ay ipinahayag na sa kaniya ng Banal na
Espiritu na hindi niya mararanasan ang kamatayan hanggang
sa makita niya ang Cristo ng Panginoon. 27 At siya ay pumunta
sa loob ng templo♦ sa pamamagitan ng Espiritu. At habang ang
sanggol na si Jesus ay dinadala ng mga magulang sa loob ng
templo upang gawin ang mga naaayon sa naging kaugalian sa
Kautusan, 28 kinarga siya ni Simeon sa kaniyang mga bisig at
pinuri ang Diyos, na sinabi, 29 "Panginoon, ngayon ay hayaan
mo ang iyong alipin na pumanaw nang may kapayapaan ayon sa
iyong salita 30 sapagkat nakita na ng aking mga mata ang iyong

pagliligtas **31** na iyong inihanda sa harap ng lahat ng mga tao.
32 Ito ay isang liwanag para sa kapahayagan sa mga Gentil♦ at
kaluwalhatian ng iyong bayang Israel."

33 At si Jose at ang ina ni Jesus ay namangha sa mga bagay na
sinabi patungkol sa kaniya. **34** At sila ay binasbasan ni Simeon
at sinabi kay Maria na ina ng sanggol, "Narito! Siya ay itinalaga
para sa pagbagsak at pagtindig ng marami sa Israel at magiging
tanda na kanilang tututulan **35** (ngunit sa iyo naman ay isang
tabak ang tatagos sa iyong kaluluwa) upang mahayag ang mga
pagtatalo mula sa maraming puso."

36 Naroroon din si Ana, isang babaing propeta na anak ni
Fanuel, mula sa lipi ni Aser. Siya ay napakatanda na at pitong
taon siyang namuhay kasama ng asawa mula sa kaniyang
pagkadalaga, **37** at siya ay halos walumpu't apat na taon nang
balo at hindi na siya umalis sa templo. Araw at gabi siya
ay naglilingkod sa Diyos na may mga pag-aayuno at mga
pagdalangin. **38** Nang siya ay pumasok sa oras ding iyon, siya ay
nagpasalamat sa Panginoon at nagsalita patungkol kay Jesus sa
kanilang lahat na naghihintay ng katubusan sa Jerusalem.

39 Nang natapos nila ang lahat ng mga bagay ayon sa
Kautusan ng Panginoon, sila ay bumalik sa Galilea, sa Nazaret
na kanilang lungsod. **40** Ang bata ay lumaki at lumakas sa
espiritu na napuspos ng karunungan at ang biyaya ng Diyos ay
sumakaniya.

Ang Batang si Jesus sa Templo

41 Ang kaniyang mga magulang ay pumupunta sa Jerusalem
taun-taon para sa Pista ng Paglagpas♦. **42** At nang si Jesus ay
labindalawang taong gulang na, sila ay umahon sa Jerusalem
ayon sa kaugalian ng kapistahan. **43** At pagkatapos ng mga
araw ng kapistahan, sa kanilang pag-uwi ang batang si Jesus
ay nagpaiwan sa Jerusalem at ito ay hindi nalaman ni Jose at
ng kaniyang ina. **44** At dahil sa pag-aakalang siya ay kasama
sa paglalakbay, sila ay naglakbay pa ng isang araw at siya ay
kanilang hinanap sa mga kamag-anakan at sa mga kakilala.
45 Ngunit nang siya ay hindi nila natagpuan, sila ay bumalik sa
Jerusalem at siya ay hinanap nila. **46** At nangyari, pagkalipas ng
tatlong araw, siya ay natagpuan nila sa templo na nakaupo sa
kalagitnaan ng mga guro na nakikinig at nagtatanong sa kanila.
47 Ang lahat ng mga nakapakinig sa kaniya ay namangha sa
kaniyang pang-unawa at mga sagot. **48** At nang siya ay nakita
nila, sila ay nagtaka. At sinabi sa kaniya ng kaniyang ina,
"Anak, bakit ganito ang ginawa mo sa amin? Tingnan mo, ang
iyong ama at ako ay naghanap sa iyo na nahahapis."

49 Subalit sinabi niya sa kanila, "Bakit ninyo ako hinanap?

2:32 Gaw 13:47
2:34 Mat 12:46; 1Co 1:23; 2Co 2:16; Gal 5:11; 1Pe 2:7-8
2:36 Gaw 21:9
2:37 Gaw 13:3; 1Ti 5:5,9
2:38 Luc 1:68
2:39 Mat 2:23
2:40 Luc 1:80
2:41 Luc 22:8
2:47 Mat 7:28
2:48 Mat 12:46; Luc 3:23
2:49 Jua 2:16

Hindi ba ninyo alam na kinakailangan kong gawin ang
mga bagay patungkol sa aking Ama?" 50Ngunit hindi nila
naunawaan ang mga salitang sinabi niya sa kanila.
51At siya ay lumusong na kasama nila at dumating sa
Nazaret at naging mapagpasakop sa kanila. At iningatang
mabuti ng kaniyang ina sa kaniyang puso ang lahat ng mga
salitang ito. 52At si Jesus ay lumago sa karunungan at sa
pangangatawan at sa pagbibigay lugod sa Diyos at sa mga tao.

Nangaral Si Juan na Tagapagbawtismo

Mat 3:1-12; Mar 1:1-8; Jua 1:6-8, 15-36

3 At sa ikalabinlimang taon ng paghahari ni Tiberio Cesar♦,
habang ang gobernador sa Judea ay si Pontio Pilato,
at ang tetrarka♦ sa Galilea ay si Herodes, at ang kaniyang
nakababatang kapatid na si Felipe ang tetrarka sa Iturea at
sa lalawigan ng Traconite, at ang tetrarka sa Abilinia ay si
Lisanias, 2at sina Anas at Caifas ang mga pinakapunong
saserdote♦, ang salita ng Diyos ay dumating sa ilang kay
Juan na anak ni Zacarias. 3Siya ay pumunta sa buong lupain
sa palibot ng Jordan na ipinapangaral ang bawtismo ng
pagsisisi dahil sa kapatawaran ng mga kasalanan. 4Ganito
ang nasusulat sa aklat ng mga salita ni propeta Isaias na
sinasabi, "Ang tinig ng sumisigaw sa ilang, 'Ihanda ninyo ang
daan ng Panginoon. Gawin ninyong matuwid ang kaniyang
mga landas. 5Ang bawat bangin ay tatambakan at ang bawat
bundok at burol ay papatagin at ang mga liko ay gawing
matuwid at ang mga baku-bako ay gawing pantay na mga
daan. 6At makikita ng lahat ng mga tao ang pagliligtas ng
Diyos.' "

Isa 40:3-5

7Kaya sinabi niya sa napakaraming tao na lumabas upang
magpabawtismo sa kaniya, "Kayong lahi ng mga ulupong!
Sino ang nagbabala sa inyo upang tumakas mula sa poot
na dumarating? 8Kaya kayo ay mamunga ng mga bunga na
karapat-dapat sa pagsisisi. At huwag kayong magsimulang
magsabi sa inyong sarili, 'Mayroon kaming Ama, si
Abraham.' Sapagkat sinasabi ko sa inyo na makakaya ng
Diyos na magtindig ng mga anak para kay Abraham mula
sa mga batong ito. 9Ngunit ngayon din ay nakalapat na
ang palakol sa ugat ng mga punongkahoy. Kaya ang bawat
punongkahoy na hindi namumunga ng mabuting bunga ay
pinuputol at inihahagis sa apoy."
10At siya ay tinanong ng napakaraming tao na sinasabi,
"Ano ngayon ang aming gagawin?"
11At siya ay sumagot na sinasabi sa kanila, "Magbahagi

2:50 Mar 9:32
2:51 Mat 2:23
3:1 Mat 14:1; 27:2
3:2 Mat 26:3
3:3 Mar 1:4
3:7 Mat 12:34; Rom 1:18
3:8 Jua 8:33; Gaw 13:26; Rom 4:1, 11-12,16; Gal 3:7
3:9 Mat 3:10
3:10 Gaw 2:37

ang may dalawang tunika♦ sa kaniya na wala at gayundin ang gawin ng may mga pagkain."

12 At dumating din ang mga maniningil ng buwis upang magpabawtismo, at kanilang sinabi sa kaniya, "Guro, ano ang aming gagawin?"

13 At sinabi niya sa kanila, "Huwag kayong maningil ng buwis nang higit sa nakatakda sa inyong sinisingil."

14 At ang mga kawal ay nagtanong sa kaniya na sinasabi, "At kami, ano ang aming gagawin?"

At sinabi niya sa kanila, "Huwag kayong mangingikil, ni magpaparatang kaninuman. Masiyahan kayo sa inyong sahod."

15 Ngunit habang ang mga tao ay umaasa at ang lahat ay nagmumuni-muni sa kanilang mga puso patungkol kay Juan kung siya nga ang Cristo o hindi, 16 si Juan ay sumagot sa kanilang lahat na sinasabi, "Binabawtismuhan ko nga kayo sa tubig, ngunit dumarating ang isang higit na dakila kaysa sa akin. Hindi ako karapat-dapat na magkalag ng panali ng kaniyang pangyapak. Kayo ay babawtismuhan niya ng Banal na Espiritu at ng apoy. 17 Ang pantahip♦ ay nasa kaniyang kamay at lilinisin niya nang lubusan ang kaniyang giikan. Kaniyang titipunin ang trigo sa kaniyang kamalig subalit ang ipa ay kaniyang tutupukin sa apoy na hindi namamatay."

18 Kaya nga, kahit sa maraming iba pang mga bagay ay kaniyang ipinapangaral ang ebanghelyo sa mga tao sa pamamagitan ng pagsusumamo. 19 Ngunit si Herodes na tetrarka, dahil sinaway siya ni Juan patungkol kay Herodias na asawa ng kaniyang kapatid na si Felipe at patungkol sa lahat ng mga kasamaang ginawa ni Herodes, 20 ay idinagdag pa ito sa lahat, nang si Juan ay kaniyang ipinabilanggo.

3:15 Mat 3:1; Jua 1:19-20; Gaw 13:25
3:16 Mar 1:4; Jua 1:26,33; Gaw 1:5
3:17 Mat 13:30
3:19 Mat 14:1
3:20 Mat 14:3
3:21 Mat 14:23
3:22 Mat 3:17; Jua 1:32-33; Gaw 10:38
3:23 Mat 4:17; Gaw 1:1

Binawtismuhan ni Juan si Jesus

Mat 3:13-17; Mar 1:9-11

21 At nangyari, nang ang lahat ng tao ay nabawtismuhan at si Jesus ay nabawtismuhan at nanalangin, ang langit ay nabuksan. 22 At ang Banal na Espiritu ay bumaba sa kaniya sa anyong katawan na katulad ng kalapati. At may tinig na nagmula sa langit na nagsasabi, "Ikaw ang pinakamamahal kong anak, ako ay lubos na nalulugod sa iyo."

Ang Talaan ng Angkan ni Jesus

Mat 1:1-16

23 Nang nagsimulang magtatlumpung taong gulang na si Jesus, siya ay ibinilang na anak ni Jose, na anak ni Eli, 24 na anak ni Matat, na anak ni Levi, na anak ni Melki, na anak ni Janna, na anak ni Jose, 25 na anak ni Matatias, na anak ni

Amos, na anak ni Nahum, na anak ni Esli, na anak ni Nage,
26 na anak ni Maat, na anak ni Matatias, na anak ni Semei,
na anak ni Jose, na anak ni Juda, 27 na anak ni Joana, na
anak ni Resa, na anak ni Zerubabel, na anak ni Shealtiel, na
anak ni Neri, 28 na anak ni Melki, na anak ni Adi, na anak
ni Cosam, na anak ni Elmadam, na anak ni Er, 29 na anak
ni Josue, na anak ni Eleazar, na anak ni Jorim, na anak ni
Matat, na anak ni Levi, 30 na anak ni Simeon, na anak ni
Juda, na anak ni Jose, na anak ni Jonan, na anak ni Eliakim,
31 na anak ni Melea, na anak ni Menan, na anak ni Matata,
na anak ni Natan, na anak ni David, 32 na anak ni Jesse, na
anak ni Obed, na anak ni Boaz, na anak ni Salmon, na anak
ni Naason, 33 na anak ni Aminadab, na anak ni Aram, na
anak ni Esrom, na anak ni Fares, na anak ni Juda, 34 na anak
ni Jacob, na anak ni Isaac, na anak ni Abraham, na anak ni
Tera, na anak ni Nacor, 35 na anak ni Saruc, na anak ni Reu,
na anak ni Peleg, na anak ni Heber, na anak ni Selah, 36 na
anak ni Cainan, na anak ni Arfaxad, na anak ni Sem, na anak
ni Noe, na anak ni Lamec, 37 na anak ni Metusela, na anak
ni Enoc, na anak ni Jared, na anak ni Mahalalel, na anak ni
Cainan, 38 na anak ni Enos, na anak ni Set, na anak ni Adan,
na anak ng Diyos.

3:27 Mat 1:12
4:2 Heb 4:15
4:3 Mat 4:3
4:5 Mat 24:14
4:6 Jua 12:31; 1Jn 5:19

Tinukso ng Diyablo si Jesus

Mat 4:1-11; Mar 1:12-13

4 Si Jesus na puspos ng Banal na Espiritu ay bumalik mula
sa Jordan at siya ay dinala ng Espiritu sa ilang 2 upang
tuksuhin ng diyablo♦ sa loob ng apatnapung araw, at siya ay
hindi kumain ng anuman sa mga araw na iyon. Pagkatapos
ng mga ito, siya ay nagutom.

3 At sinabi ng diyablo sa kaniya, "Yamang ikaw ang anak
ng Diyos, sabihin mo sa batong ito na ito ay maging tinapay."

4 Ngunit si Jesus ay sumagot sa kaniya na sinasabi, "Ito
ang nasusulat, 'Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay
lamang kundi sa bawat Salita ng Diyos.' "

Deu 8:3

5 At nang dinala ng diyablo si Jesus patungo sa isang
mataas na bundok, ipinakita niya sa kaniya ang lahat ng
mga kaharian ng sanlibutan sa sandaling panahon. 6 At
sinabi ng diyablo sa kaniya, "Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng
kapamahalaang ito at ang kaniyang kaluwalhatian sapagkat
ibinigay na ito sa akin at ibibigay ko ito kung kanino ko
nanaisin. 7 Kaya kung ikaw ay sasamba sa harapan ko, ang
lahat ng mga ito ay magiging iyo."

8 Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, "Lumayo ka sa

akin, Satanas! Sapagkat ito ang nasusulat, ‘Sasambahin
mo ang Panginoon mong Diyos at siya lamang ang iyong
paglilingkuran.’ ”

Deu 6:13

9 At dinala ng diyablo si Jesus sa Jerusalem at pinatayo siya
sa taluktok ng templo at sinabi niya sa kaniya, “Yamang ikaw
ang Anak ng Diyos, magpatihulog ka mula rito **10** sapagkat
ito ang nasusulat, ‘Uutusan niya ang kaniyang mga anghel
patungkol sa iyo upang ingatan ka,’

Awi 91:11

11 at ‘bubuhatin ka nila ng kanilang mga kamay upang hindi
tumama sa bato ang iyong paa.’ ”

Awi 91:12

12 Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, “Ito ang sinabi,
‘Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos.’ ”

Deu 6:16

13 Pagkatapos ng lahat ng pagtukso, siya ay iniwan ng
diyablo hanggang sa nakatakdang panahon.

4:13 Jua 14:30; Heb 4:15
4:14 Mat 4:12; 9:26
4:15 Mat 4:23
4:16 Mat 2:23; 13:54; 1Ti 4:13
4:18 Mar 16:15; Jua 3:34
4:20 Mat 26:55
4:21 Mat 1:22
4:22 Mat 13:54; Jua 6:42
4:23 Mat 2:23; Mar 1:21-28

Tinanggihan si Jesus

14 At si Jesus ay bumalik sa Galilea sa kapangyarihan ng
Espiritu at lumaganap ang patungkol sa kaniyang katanyagan
sa buong palibot ng lupain. **15** At siya ay nagturo sa kanilang
mga sinagoga♦, na niluluwalhati ng lahat.

16 Siya ay pumunta sa Nazaret kung saan siya lumaki, at ayon
sa kaniya nang kinaugalian, siya ay pumasok sa sinagoga sa
araw ng Sabat♦ at siya ay tumayo upang magbasa. **17** At iniabot
sa kaniya ang aklat ni propeta Isaias at nang ibinuklat niya ang
aklat, natagpuan niya ang bahagi kung saan ito ang nasusulat,
18 “Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasaakin dahil ako ay
pinahiran niya ng langis upang ipangaral ang ebanghelyo
sa mga dukha. Isinugo niya ako upang pagalingin ang mga
sugatang puso, upang ipangaral ang kalayaan sa mga bihag at
ang panunumbalik ng paningin sa mga bulag, upang palayain
ang mga naapi, **19** at upang ipangaral ang katanggap-tanggap na
taon ng Panginoon.”

Isa 61:1-2

20 At nang naibalumbon niya ang aklat at naibigay niya ito sa
opisyal, si Jesus ay umupo. At ang mga mata ng lahat ng mga
nasa sinagoga ay nakatitig sa kaniya. **21** Kaya sinimulan niya na
sabihin sa kanila, “Ang Kasulatang♦ ito ay naganap sa inyong
pandinig sa araw na ito.” **22** At ang lahat ay nagpatotoo sa kaniya
at namangha sa mga salita ng biyaya na lumabas sa kaniyang
bibig at sinabi nila, “Hindi ba ito ang anak ni Jose?”

23 At sinabi ni Jesus sa kanila, “Tiyak na sasabihin ninyo

sa akin ang talinghagang ito, ‘Manggagamot, pagalingin
mo ang iyong sarili! Ang anumang narinig naming ginawa
mo sa Capernaum ay gawin mo rin dito sa iyong sariling
bayan.’ ” 24Ngunit sinabi niya, “Katotohanang sinasabi ko sa
inyo na walang propetang katanggap-tanggap sa kaniyang
sariling bayan. 25Subalit sinasabi ko sa inyo ang katotohanan,
maraming mga babaing balo sa Israel sa panahon ni Elias nang
ang langit ay isinara sa loob ng tatlong taon at anim na buwan,
nang nagkaroon ng matinding taggutom sa buong lupain,
26ngunit hindi isinugo si Elias sa kaninuman sa kanila maliban
sa isang babaing balo sa Sarepta na lungsod ng Sidon. 27At sa
panahon ng propetang si Eliseo ay maraming ketongin sa Israel
at walang nilinis sa kanila maliban kay Naaman na taga-Siria.”

28Kaya ang lahat ng mga nasa sinagoga ay labis na nagalit
pagkarinig nila ng mga bagay na ito. 29At sa kanilang
pagtindig, itinaboy nila si Jesus sa labas ng lungsod at siya
ay dinala nila hanggang sa gilid ng burol na pinagtayuan ng
kanilang lungsod, upang siya ay ihulog na patiwarik. 30Ngunit
siya ay dumaan sa kanilang kalagitnaan at umalis.

Pinalayas ni Jesus ang Karumal-dumal na Espiritu

Mar 1:21-28

31Si Jesus ay bumaba sa Capernaum na lungsod ng Galilea at
siya ay nagtuturo sa kanila sa mga araw ng Sabat. 32At sila ay
nagtaka sa kaniyang katuruan sapagkat ang kaniyang salita ay
may kapamahalaan. 33Sa sinagoga ay may isang lalaki na may
espiritu ng karumal-dumal na demonyo at siya ay sumigaw na
may malakas na tinig 34na sinasabi, “Hayaan mo kami! Ano
ang kinalaman mo sa amin, Jesus na taga-Nazaret? Pumarito ka
ba upang kami ay lipulin? Kilala kita kung sino ka. Ikaw ang
Banal ng Diyos!”

35Ngunit sinaway siya ni Jesus na sinasabi, “Tumahimik ka
at lumabas ka sa kaniya.” Nang naibagsak ng demonyo ang
lalaki sa kalagitnaan, lumabas siya mula sa kaniya at hindi
niya sinaktan. 36Silang lahat ay namangha at nag-usap-usap
sa isa't isa na sinasabi, “Anong pananalita ito! Sapagkat ang
mga karumal-dumal na espiritu ay inutusan niya nang may
kapamahalaan at kapangyarihan at sila ay lumabas.” 37At ang
katanyagan patungkol sa kaniya ay kumalat sa bawat dako sa
palibot ng lupain.

Pinagaling ni Jesus ang Maraming Tao

Mat 8:14-17; Mar 1:29-34

38Ngunit nang siya ay tumindig at lumabas sa sinagoga,
siya ay pumasok sa bahay ni Simon. At ang biyenang babae

4:24 Mat 13:57; Jua 4:44
4:25 San 5:17-18; Pah 11:6
4:26 Mat 11:21
4:29 Gaw 7:58; Heb 13:12
4:31 Mat 4:13
4:32 Mat 7:28-29
4:34 Mat 8:29; Mar 1:24; San 2:19
4:35 Mat 8:26; Luc 8:24
4:36 Mat 7:28-29; 10:1
4:37 Mat 9:26

ni Simon ay pinahihirapan ng mataas na lagnat kaya sila ay humiling para sa kaniya. **39**Nang si Jesus ay tumayo sa tabi niya, sinaway niya ang lagnat at ito ay nawala. Kaagad siyang bumangon at naglingkod sa kanila.

40At nang papalubog na ang araw, ang lahat ng mga maysakit ng iba't ibang karamdaman ay dinala nila kay Jesus, at sa pamamagitan ng pagpatong niya ng kaniyang mga kamay sa bawat isa sa kanila, sila ay pinagaling niya. **41**At lumabas din ang mga demonyo sa marami sa kanila, na sumisigaw at nagsasabi, "Ikaw ang Cristo, ang anak ng Diyos!"

At sila ay sinaway niya at hindi niya pinayagan na makapagsalita sila dahil alam nila na siya ang Cristo.

42Ngunit nang mag-uumaga na, siya ay umalis at pumunta sa ilang na dako at hinanap siya ng napakaraming tao at sila ay lumapit sa kaniya. At siya ay kanilang pinigilan upang huwag siyang umalis sa kanila. **43**Ngunit sinabi niya sa kanila, "Kinakailangan kong ipangaral ang ebanghelyo patungkol sa paghahari ng Diyos sa iba pang mga lungsod sapagkat ako ay isinugo para rito." **44**Kaya siya ay patuloy na nangaral sa mga sinagoga sa Galilea.

4:40 Mat 4:23; Mar 5:23
4:41 Mat 4:3; 8:4
4:43 Mat 3:2
4:44 Mat 4:23
5:1 Mar 4:14; Heb 4:12
5:3 Mat 13:2
5:5 Luc 8:24, 45; Jua 21:3,6
5:6 Jua 21:11

Tinawag ni Jesus ang Unang mga Alagad

5 At nangyari nang dumagsa ang napakaraming tao kay Jesus upang makinig ng salita ng Diyos, siya naman ay tumayo sa tabi ng lawa ng Genesaret. **2**At siya ay nakakita ng dalawang bangkang nakadaong na sa tabi ng lawa, ngunit ang mga mangingisda ay nakababa na mula roon at nagbabanlaw ng mga lambat. **3**At siya ay sumakay sa isa sa mga bangka na pag-aari ni Simon at ipinakiusap niya sa kaniya na ilayo ng kaunti sa baybayin ang bangka. At siya ay umupo, at mula sa bangka ay tinuruan niya ang napakaraming tao.

4At pagkatapos niyang magsalita, sinabi niya kay Simon, "Pumaroon ka sa malalim at ihulog ninyo ang inyong mga lambat para makahuli ng mga isda."

5At sumagot si Simon na sinabi, "Panginoon, sa magdamag na pagpapagal, wala kaming nahuli. Subalit sa iyong salita ay ihuhulog ko ang lambat." **6**Nang nagawa nila ito, sila ay nakahuli ng lubhang maraming isda at ang lambat nila ay napunit. **7**Kaya kinawayan nila ang kanilang kasamahan sa ibang bangka na lumapit upang sila ay tumulong sa kanila. At sila ay lumapit at pinuno nila ang dalawang bangka kung kaya sila ay nagsimula nang lumubog. **8**Kaya nang nakita iyon ni Simon Pedro, siya ay nagpatirapa sa mga tuhod ni Jesus, na sinasabi, "Panginoon, lumayo ka sa akin sapagkat ako ay isang taong makasalanan."

9 Sinabi niya ito sapagkat siya ay nabalot ng pagkamangha
gayundin ang lahat niyang kasama dahil sa napakarami nilang
nahuling isda. 10 Namangha rin sina Santiago at Juan na mga
anak ni Zebedeo, na kasamahan ni Simon. Sinabi ni Jesus
kay Simon, "Huwag kang matakot. Mula ngayon ay maging
mamalakaya ka ng mga tao." 11 Pagkadaong ng mga bangka sa
lupa, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Jesus.

Nilinis ni Jesus ang Lalaking Ketongin

Mat 8:2-4; Mar 1:40-45

12 At nangyari nang siya ay nasa isa sa mga lungsod, may
lalaking puno ng ketong at nang nakita niya si Jesus, siya ay
nagpatirapa sa kaniyang harapan at humiling sa kaniya na
sinasabi, "Panginoon, kung nanaisin mo, magagawa mong
linisin ako."

13 Iniunat ni Jesus ang kaniyang kamay at siya ay kaniyang
hinawakan na sinasabi, "Nais ko, maging malinis ka." At
ang ketong ay kaagad naalis sa kaniya. 14 Iniutos ni Jesus sa
kaniya, "Huwag mo itong sasabihin sa kaninuman. Ngunit
humayo ka at ipakita mo ang iyong sarili sa saserdote at ikaw
ay maghandog para sa pagkalinis mo ayon sa iniutos ni Moises
bilang patotoo♦ sa kanila."

15 Subalit lalo pang kumalat ang balita patungkol kay Jesus
kaya patuloy na dumarating ang lubhang maraming tao upang
makinig at upang pagalingin niya sa kanilang mga sakit.
16 Ngunit si Jesus ay palaging umaalis patungo sa ilang at
nanalangin.

5:10 Mat 14:27
5:11 Mat 4:19
5:12 Mat 8:2
5:14 Mat 8:4
5:15 Mat 9:26
5:17 Mat 15:1; Mar 5:30

Pinagaling ni Jesus ang Paralitiko

Mat 9:1-8; Mar 2:1-12

17 At nangyari, isa sa mga araw habang siya ay nagtuturo,
may nakaupong mga Fariseo♦ at mga dalubhasa sa kautusan
na dumating mula sa bawat nayon ng Galilea, ng Judea at
Jerusalem. At ang kapangyarihan ng Panginoon ay naroroon
upang sila ay pagalingin. 18 Narito, may mga lalaking nagdadala
ng isang taong naparalisa na nasa isang higaan at sila ay
naghahanap ng paraan kung paano siya maipasok at mailagay
sa harapan ni Jesus. 19 At nang sila ay hindi makahanap ng
paraan kung paano siya maipasok dahil sa napakaraming
tao, sila ay umakyat sa bubungan at sa lagusan sa bubong ay
ihinugos siya kasama ang kaniyang higaan sa kalagitnaan, sa
harapan ni Jesus.

20 Nang nakita ni Jesus ang kanilang pananampalataya,
sinabi niya sa kaniya, "Lalaki, napatawad na ang iyong mga
kasalanan."

21 Nagsimulang magbigay-katuwiran ang mga eskriba♦
at mga Fariseo na sinasabi, “Sino itong nagsasalita ng mga
paglapastangan? Sino ang makakapagpatawad ng mga
kasalanan maliban sa Diyos lamang?”
22 Ngunit dahil batid ni Jesus ang kanilang pagtatalu-talo,
siya ay sumagot na sinabi sa kanila, “Bakit kayo nagtatalu-
talo sa inyong mga puso? 23 Ano ang higit na madaling
sabihin, ‘Pinatawad na ang iyong mga kasalanan,’ o ang
sabihin, ‘Bumangon ka at lumakad ka’? 24 Ngunit upang
malaman ninyo na ang Anak ng Tao♦ ay may kapamahalaan
sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan” (sinabi niya sa
paralitiko), “Sinasabi ko sa iyo, Bumangon ka at buhatin mo
ang iyong higaan at umuwi ka sa iyong bahay.”
25 At kaagad siyang tumayo sa harapan nila at binuhat niya
ang kaniyang hinihigaan at siya ay umuwi sa kaniyang bahay
na niluluwalhati ang Diyos. 26 At ang lahat ay namangha at
niluwalhati nila ang Diyos at sila ay napuspos ng takot na
sinasabi, “Kami ay nakakita ng hindi kapani-paniwalang
mga bagay sa araw na ito.”

5:24 Mat 8:20
5:26 Mat 9:8
5:27 Mat 4:19
5:28 Mat 4:19
5:30 Mat 9:11; Gaw 23:9
5:32 Jua 3:17
5:33 Jua 1:35

Tinawag ni Jesus si Levi

Mat 9:9-13; Mar 2:13-17

27 Pagkatapos ng mga bagay na ito, si Jesus ay umalis at
nakita niya ang isang maniningil ng buwis na ang pangalan
ay Levi na nakaupo sa tanggapan ng buwis. Sinabi ni Jesus
sa kaniya, “Sumunod ka sa akin.” 28 Kaya iniwanan niya ang
lahat at tumindig at sumunod sa kaniya.
29 At si Levi ay naghanda ng isang malaking piging
sa kaniyang bahay para kay Jesus, at naroroon ang
lubhang maraming maniningil ng buwis at iba pang
nakaupong kasalo nila. 30 At ang kanilang mga eskriba
at ang mga Fariseo ay nagbulung-bulungan laban sa
kaniyang mga alagad na sinasabi, “Bakit kayo kumakain at
umiinom kasama ng mga maniningil ng buwis at ng mga
makasalanan?”
31 Ngunit si Jesus ay sumagot na sinabi sa kanila,
“Sila na mga walang sakit ay hindi nangangailangan ng
manggagamot kundi sila na mga maysakit. 32 Hindi ako
naparito upang tawagin ang mga matuwid kundi ang mga
makasalanan sa pagsisisi.”

Ang Tanong Patungkol sa Pag-aayuno

Mat 9:14-17; Mar 2:18-22

33 Ngunit sinabi nila sa kaniya, “Bakit ang mga alagad ni
Juan ay madalas na nag-aayuno at nanalangin at gayundin

ang mga alagad ng mga Fariseo, ngunit ang mga alagad mo ay kumakain at umiinom?"

34 Subalit sinabi niya sa kanila, "Makapag-aayuno ba ang mga anak ng silid-kasalan* habang ang lalaking ikakasal ay kasama nila? **35** At darating ang mga araw na ang lalaking ikakasal ay kukunin din sa kanila at sa mga araw na iyon ay mag-aayuno sila."

36 Siya ay nagsabi rin sa kanila ng isang talinghaga, "Walang sinumang nagtatagpi ng kaputol ng bagong damit sa lumang damit. At kapag magkagayon, gumagawa rin ng punit ang bago at ang tagping mula sa bago ay hindi nagtutugma sa luma. **37** At walang sinumang nagsasalin ng bagong alak sa mga lumang sisidlang-balat. At kapag magkagayon, papuputukin ng bagong alak ang mga sisidlang-balat at mababuhos ang alak at ang mga sisidlang-balat ay masisira. **38** Sa halip, ang bagong alak ay dapat isalin sa mga bagong sisidlang-balat at kapwa itong mapapanatili. **39** At walang sinumang natapos uminom ng lumang alak ang nagnanais kaagad ng bago sapagkat kaniyang sinasabi, 'Ang luma ay mas mabuti.' "

5:34 Jua 3:29
5:35 Jua 16:5-7
6:2 Mat 12:2
6:5 Mat 8:20
6:7 Mat 12:10
6:8 Mat 9:4

Mga Araw ng Sabat

Mat 12:1-8; Mar 2:23-28

6 At nangyari, na sa ikalawang araw ng Sabat♦ pagkaraan ng una, si Jesus ay dumaan sa triguhan, at ang kaniyang mga alagad ay pumigtal ng mga uhay at nililigis nila sa kanilang mga kamay at kinakain. **2** Ngunit sinabi ng ilang Fariseo sa kanila, "Bakit ginagawa ninyo ang hindi ipinapahintulot na gawin sa mga araw ng Sabat?"

3 At sumagot si Jesus na sinabi sa kanila, "Hindi ba ninyo ito nabasa na ginawa ni David nang nagutom siya at ang mga kasama niya, **4** kung paanong siya ay pumasok sa bahay ng Diyos at kinuha at kinain ang mga tinapay na handog♦, at ang kaniya ring mga kasama ay binigyan ng hindi ipinahihintulot kainin maliban lang sa mga saserdote?" **5** Kaya sinabi niya sa kanila, "Ang Anak ng Tao ay Panginoon din ng araw ng Sabat."

6 At nangyari rin sa ibang araw ng Sabat, na siya ay pumasok sa sinagoga upang magturo, at may isang lalaki roon na ang kanang kamay ay natuyot. **7** Ngunit siya ay minamatyagan ng mga eskriba at ng mga Fariseo kung siya ay magpapagaling sa araw ng Sabat upang sila ay makakita ng maipaparatang laban sa kaniya. **8** Subalit alam ni Jesus ang kanilang mga iniisip kaya sinabi niya sa lalaking natuyot ang kamay, "Bumangon ka at tumayo ka sa kalagitnaan." Kaya siya ay bumangon at

* **5:34** *anak ng silid-kasalan*: Ito ay idyomang Griyego na tumutukoy sa mga taong may bahagi sa kasalan atbp.

tumayo. 9Pagkatapos, sinabi ni Jesus sa kanila, "Magtatanong
ako sa inyo ng isang bagay, Ipinahihintulot ba sa mga araw ng
Sabat ang gumawa ng mabuti o ang gumawa ng masama? Ang
magligtas ng buhay o ang pumatay?" 10At siya ay tumingin
sa kanilang lahat sa palibot at sinabi niya sa lalaki, "Iunat mo
ang iyong kamay." At ginawa niya ang gayon at ang kaniyang
kamay ay nanumbalik na magaling katulad ng isa. 11Ngunit sila
ay napuno ng kahangalan kaya nag-usap-usap sila kung ano ang
maaari nilang gawin kay Jesus.

Tinawag ni Jesus ang Labindalawang Alagad

Mat 10:1-4; Mar 3:13-19

12At nangyari sa mga araw na iyon, na siya ay pumunta
sa bundok upang manalangin. At siya ay buong magdamag
na nagpatuloy sa pananalangin sa Diyos. 13Kinaumagahan,
tinawag niya ang kaniyang mga alagad at mula sa kanila ay
pumili siya ng labindalawa na tinawag din niyang mga apostol:
14si Simon na pinangalanan din niyang Pedro, at si Andres
na kaniyang kapatid, at sina Santiago at Juan, sina Felipe at
Bartolome, 15si Mateo at si Tomas, si Santiago na anak ni
Alfeo, at si Simon na tinatawag na Zelotes, 16si Judas na kapatid
ni Santiago, at si Judas na taga-Keriot, na naging taksil.

17At si Jesus ay bumabang kasama nila at tumayo sa isang
patag na dako. At ang napakarami sa kaniyang mga alagad at
ang lubhang maraming tao na nanggaling sa buong Judea, sa
Jerusalem at sa baybayin ng Tiro at Sidon, na pumunta roon
upang makinig sa kaniya at upang mapagaling mula sa kanilang
mga sakit 18at ang mga ginugulo ng mga karumal-dumal na
espiritu ay pinagaling. 19At sinikap ng lahat ng napakaraming
tao na siya ay mahawakan sapagkat may kapangyarihang
lumalabas sa kaniya at pinapagaling ang lahat.

Ang Pahayag ng Pagpapala at Pagkaaba

20At nang tiningnan ni Jesus ang kaniyang mga alagad ay
sinabi niya, "Pinagpala kayo na mga dukha sapagkat sa inyo
ang paghahari ng Diyos. 21Pinagpala kayo na mga nagugutom
ngayon sapagkat kayo ay bubusugin. Pinagpala kayo na mga
tumatangis ngayon sapagkat kayo ay tatawa na may galak.
22Pinagpala kayo kapag kayo ay kinasusuklaman ng mga tao at
kapag itatakwil nila kayo at aalipustain nila kayo, at itituring
nilang masama ang inyong pangalan alang-alang sa Anak ng
Tao. 23Magalak kayo sa araw na iyon at lumundag kayo sa
kagalakan. Sapagkat narito, malaki ang inyong gantimpala sa
langit, sapagkat ganito rin ang ginawa ng kanilang mga ninuno
sa mga propeta. 24Subalit sa inyong aba, mga mayayaman

6:11 Jua 5:18
6:13 Mar 6:30
6:15 Mat 9:9
6:17 Mat 4:25; 11:4; Mar 3:7-8
6:19 Mat 9:20; Mar 5:30
6:20 Mat 25:34
6:21 Mat 5:4, 6; Pah 7:17
6:22 Jua 9:22; 15:21
6:23 Mat 5:12
6:24 San 5:1

sapagkat tinanggap na ninyo ang inyong kaaliwan. 25Sa
inyong aba, mga nabusog na sapagkat kayo ay magugutom. Sa
kaabahan ninyo na mga tumatawa ngayon sapagkat kayo ay
magluluksa at tatangis. 26Sa inyong aba, kapag ang lahat ng
mga tao ay magsasabi ng mabuti patungkol sa inyo sapagkat
gayundin ang ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga bulaang
propeta.

Ibigin Mo ang Iyong Kaaway

Mat 5:43-48

27"Sinasabi ko sa inyo na mga nakikinig: Ibigin ninyo
ang inyong mga kaaway. Gumawa kayo ng mabuti sa mga
namumuhi sa inyo. 28Pagpalain ninyo ang mga nanununggayaw
sa inyo at ipanalangin ninyo sila na umaalipusta sa inyo.
29Iharap mo rin ang kabila mong pisngi sa kaniya na humampas
ng iyong pisngi at huwag mong ipagkait ang iyong tunika sa
kaniya na kumukuha ng iyong damit. 30At magbigay ka sa
bawat isa na humihiling sa iyo. Huwag mo nang bawiin ang
iyong mga pag-aari mula sa kaniya na kumuha sa iyo. 31At ayon
sa ninanais ninyong gawin ng mga tao sa inyo, gayundin ang
gawin ninyo sa kanila.
32"Ano ang pakinabang ninyo kung iniibig ninyo ang mga
umiibig sa inyo? Sapagkat iniibig din ng mga makasalanan ang
mga umiibig sa kanila. 33Ano ang pakinabang ninyo kapag
gumagawa kayo ng mabuti sa kanila na gumagawa ng mabuti sa
inyo? Sapagkat gayundin ang ginagawa ng mga makasalanan.
34Ano ang pakinabang ninyo kapag magpapahiram kayo
sa kanila na inaasahan ninyong makakatanggap kayo?
Sapagkat ang mga makasalanan ay nagpapahiram din sa mga
makasalanan upang sila ay makatanggap ng gayundin. 35Higit
pa rito, ibigin ninyo ang inyong mga kaaway at gumawa kayo
ng mabuti. Magpahiram kayo na hindi umaasa ng kapalit at
magiging malaki ang inyong gantimpala. At kayo ay magiging
mga Anak ng Kataas-taasan sapagkat siya ay mabuti sa mga
hindi mapagpasalamat at sa mga masama. 36Kaya kayo ay
maging maawain katulad din ng inyong Ama na maawain."
37"Huwag kayong humatol at hindi kayo mahatulan. Huwag
kayong humusga at hindi kayo mahusgahan. Magpatawad kayo
at kayo ay patatawarin. 38Magbigay kayo at ito ay ibibigay sa
inyo, tamang sukat, siniksik, niliglig at umaapaw ang ibibigay
para sa inyong piling sapagkat sa gayunding sukat na inyong
ipinangsusukat ay siya ring ipangsusukat sa inyo."

Ang Talinghaga Patungkol sa Pagkabulag

39At isang talinghaga ang sinabi niya sa kanila. "Maaakay

6:26 Mat 7:15
6:27 Mat 5:44; Rom 12:20
6:28 Mat 5:44
6:31 Mat 7:12
6:32 Mat 5:46
6:34 Mat 5:42
6:35 Mar 5:7; Rom 8:14
6:36 Mat 5:48; Rom 8:15; Efe 4:6; San 2:13; 1Pe 1:17; 1Jn 1:3
6:37 Mat 6:14; 7:1
6:38 Mat 7:2
6:39 Mat 15:14

ba ng isang bulag ang isang bulag? Hindi ba sila ay kapwa
mahuhulog sa hukay? 40Ang isang alagad ay hindi nakahihigit
sa kaniyang guro. Ngunit ang bawat isa na naging ganap na
alagad ay magiging katulad ng kaniyang guro.

Ang Paghatol sa Iba

41"At bakit mo tinitingnan ang puwing sa mata ng iyong
kapatid ngunit hindi mo pinupuna ang troso na nasa sarili
mong mata? 42At paano mo makakayang sabihin sa iyong
kapatid, 'Kapatid, hayaan mong maalis ko ang puwing sa iyong
mata' kung hindi mo nakikita ang troso na nasa iyong mata?
Mapagpaimbabaw ka! Alisin mo muna ang troso mula sa iyong
sariling mata at pagkatapos ay makakakita kang malinaw
upang maalis mo ang puwing sa mata ng iyong kapatid.

Ang Puno at ang Kaniyang Bunga

43"Ang mabuting punongkahoy ay hindi nagbubunga ng
masama o kaya ang masamang punongkahoy ay nagbubunga
ng mabuti, 44sapagkat ang bawat punongkahoy ay nakikilala sa
kaniyang sariling bunga. Sapagkat ang mga tao ay hindi nag-
iipon ng igos mula sa mga tinik, ni hindi sila namimitas ng ubas
mula sa mababang puno*. 45Ang mabuting tao ay nagbubunga
ng mabuti mula sa mabuting yaman ng kaniyang puso. Ngunit
ang masamang tao ay nagbubunga ng masama mula sa
masamang yaman ng kaniyang puso sapagkat ang kaniyang
bibig ay nagsasalita mula sa kasaganaan ng puso.

6:40 Jua 13:16
6:44 Mat 12:33
6:45 Mat 12:34-35; Mar 7:20
6:46 Mat 7:21; Jua 13:13
6:47 San 1:22-25

Ang Matalino at Mangmang na Tagapagtayo

Mat 7:24-27

46"Ngunit bakit ninyo ako tinatawag, 'Panginoon,
Panginoon,' subalit hindi ninyo ginagawa ang aking sinasabi?
47Ang bawat isang lumalapit sa akin at nakikinig ng aking mga
salita at kaniyang ginagawa ang mga ito ay ipapakita ko sa inyo
kung sino ang katulad niya. 48Siya ay katulad ng isang lalaking
nagtatayo ng bahay, na naghukay ng malalim at naglagay ng
saligan sa bato. Ngunit nang nagkaroon ng baha, ang agos ng
ilog ay humampas nang malakas sa bahay na iyon, subalit hindi
nito natinag ang bahay sapagkat ito ay naitayo sa bato. 49At
siya na nakarinig at hindi gumawa ay katulad ng isang tao na
nagtayo ng bahay sa lupa na walang saligan at ang agos ng ilog
ay humampas nang malakas sa bahay, at iyon ay bumagsak
kaagad. Kaya ang pagkasira ng bahay na iyon ay naging
malaki."

* **6:44** *mababang puno*: Ito ay matinik na mababang puno.

Ang Kapitan ay Sumampalataya

Mat 8:5-13

7 Nang natapos na ni Jesus ang lahat ng kaniyang mga
pagsasalita sa pandinig ng mga tao, siya ay pumasok sa
Capernaum. 2Mayroong isang senturion♦ na may aliping
napamahal sa kaniya, na maysakit at malapit nang mamatay.
3At nang narinig ng senturion ang patungkol kay Jesus, isinugo
niya ang matatanda ng mga Judio upang hilingin kay Jesus na
pumunta at mapagaling ang kaniyang alipin. 4Pagpunta nila kay
Jesus, masikap silang nagsusumamo sa kaniya at sinasabi na
siya na gagawan niya nito ay karapat-dapat 5"sapagkat iniibig
niya ang ating bansa at itinayo niya ang sinagoga para sa amin."
6Kaya si Jesus ay sumama sa kanila. Ngunit nang sila ay
malapit na sa bahay, ang senturion ay nagsugo ng mga kaibigan
kay Jesus na sinasabi, "Panginoon, huwag ka nang mag-abala
sapagkat ako ay hindi karapat-dapat na ikaw ay papasukin sa
aking bahay. 7Kaya kahit ang aking sarili ay hindi ko itinuring
na karapat-dapat pumunta sa iyo. Ngunit sabihin mo lang sa
salita at ang aking lingkod ay gagaling, 8sapagkat ako rin ay
isang taong nasa ilalim ng kapamahalaan na may nasasakupang
mga kawal. Sinasabi ko sa isa, 'Humayo ka,' at siya ay
humahayo. At sa iba, 'Pumarito ka,' at siya ay pumaparito. At
sa aking alipin, 'Gawin mo ito,' at ito ay kaniyang ginagawa."
9At nang narinig ni Jesus ang mga bagay na ito, siya
ay namangha. At paglingon niya sa napakaraming taong
sumusunod sa kaniya, sinabi niya, "Sinasabi ko sa inyo, wala
akong natagpuang ganito kalaking pananampalataya kahit
sa mga taga-Israel." 10At nang nakabalik sa bahay ang mga
isinugo, ang aliping maysakit ay natagpuan nilang magaling na.

7:1
Mat 7:28
7:13
Jua 11:2
7:14
Mat 9:25;
Mar 1:31;
Jua 11:43;
Gaw 9:40
7:16
Mat 9:8;
21:11

Binuhay ni Jesus ang Anak ng Babaing Balo

11Kinabukasan, nangyari na siya ay pumunta sa isang
lungsod na tinatawag na Nain, at sumama sa kaniya ang
marami sa kaniyang mga alagad at ang lubhang maraming
tao. 12Nang papalapit na siya sa pasukan ng lungsod, narito,
may isang taong namatay na at binubuhat papalabas. Siya ay
nag-iisang anak ng kaniyang ina na isang balo rin, at kasama
niya ang napakaraming tao sa lungsod. 13At nang nakita siya
ng Panginoon, siya ay nahabag sa kaniya at sinabi sa kaniya,
"Huwag kang tumangis." 14Paglapit ni Jesus hinawakan niya
ang kinalalagyan ng patay at ang mga nagbubuhat ay tumigil.
Sinabi niya, "Binata, sinasabi ko sa iyo, bumangon ka." 15At
siya na namatay na ay umupo at nagsimulang magsalita. At siya
ay ibinigay ni Jesus sa kaniyang ina.
16Ang lahat ay nagkaroon ng takot at niluwalhati nila ang

Diyos, na sinasabi, “Isang dakilang propeta ang tumindig sa
atin” sapagkat “dinalaw ng Diyos ang kaniyang bayan.” 17Ang
salitang ito patungkol sa kaniya ay kumalat sa buong Judea at
sa buong lupain sa palibot.

Si Jesus at si Juan na Tagapagbawtismo

Mat 11:2-19

18Ibinalita ng mga alagad ni Juan sa kaniya ang patungkol sa
lahat ng mga bagay na ito. 19At tinawag ni Juan ang dalawa sa
kaniyang mga alagad at sila ay isinugo kay Jesus, na nagsasabi,
“Ikaw ba yaong paparating o maghinhintay pa kami ng iba?”
20Nang dumating ang mga lalaki kay Jesus ay kanilang
sinabi, “Sinugo kami sa iyo ni Juan na tagapagbawtismo na
sinasabi, ‘Ikaw ba yaong paparating o maghihintay pa kami
ng iba?’ ” 21At sa oras ding iyon, pinagaling ni Jesus ang
marami mula sa mga karamdaman at sa mga salot, at ang mga
pinahihirapan ng karumal-dumal na espiritu, at maraming
bulag ang pinagkalooban niya ng paningin.

7:17 Mat 9:26
7:18 Mat 3:1
7:21 Mat 4:23
7:26 Mat 11:9
7:27 Mat 11:10; Mar 1:2
7:28 Mat 3:2
7:29 Mat 21:32; Mar 1:5
7:30 Mat 22:35

22Kaya sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, “Humayo
kayo at ibalita ninyo kay Juan ang inyong mga nakita at mga
narinig, na ang mga bulag ay nakakakita, ang mga lumpo ay
nakakalakad, ang mga ketongin ay nalilinis, ang mga bingi ay
nakakarinig, ang mga patay ay ibinabangon, at ang ebanghelyo
ay ipinapangaral sa mahihirap. 23At pinagpala ang sinumang
hindi matitisod sa akin.”

24At pagkaalis ng mga sinugo ni Juan, si Jesus ay
nagsimulang magsalita sa napakaraming tao patungkol kay
Juan. “Ano ang ipinunta ninyo sa ilang upang inyong makita?
Isang tambo ba na inuuga ng hangin? 25Ngunit ano ang ipinunta
ninyo upang makita? Isang lalaki ba na nakasuot ng malambot
na damit? Narito, sila na nakadamit ng marilag at namumuhay
sa karangyaan ay nasa mga palasyo. 26Ngunit ano ba ang
inyong ipinunta para makita? Isang propeta ba? Oo, sinasabi
ko sa inyo, higit pa sa isang propeta 27Siya itong tinutukoy sa
nasusulat, ‘Narito, isinusugo ko ang aking sugo na nauuna sa
iyo. Siya ang maghahanda ng iyong daraanan sa unahan mo.’

Mal 3:1

28Sapagkat sinasabi ko sa inyo, walang propeta ang nakahihigit
kay Juan na tagapagbawtismo sa mga ipinanganak ng mga
babae. Subalit siya na pinakamababa sa kaharian ng Diyos ay
lalong higit pa kaysa sa kaniya.”

29At nang narinig ito ng buong bayan at ng mga maniningil
ng buwis, kinilala nilang matuwid ang Diyos sapagkat sila
ay nabawtismuhan ng bawtismo ni Juan. 30Subalit ang mga
Fariseo at mga dalubhasa sa kautusan ay tumanggi sa payo ng

Diyos para sa kanilang sarili dahil sila ay hindi nabawtismuhan ni Juan.

31 Ngunit sinabi ng Panginoon, “Kanino ko nga ihahalintulad
ang mga tao ng lahing ito? At sino ang katulad nila? 32 Sila
ay katulad ng maliliit na batang nakaupo sa pamilihan at
sumisigaw sa isa't isa at sinasabi, ‘Tinugtugan namin kayo ng
plawta ngunit hindi kayo sumayaw. Nanaghoy kami sa inyo
ngunit hindi kayo tumangis,’ 33 sapagkat pumarito si Juan na
tagapagbawtismo na hindi kumakain ng tinapay, ni umiinom
ng alak, at sinasabi ninyo, ‘Siya ay may demonyo.’ 34 Ang Anak
ng Tao ay pumarito na kumakain at umiinom, at sinasabi ninyo,
‘Narito, ang taong matakaw at manginginom ng alak, kaibigan
ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan!’ 35 Ngunit
ang karunungan ay pinaging-matuwid ng lahat ng kaniyang
mga anak.”

Pinahiran ng Pabango si Jesus

36 At isa sa mga Fariseo ang humiling na siya ay makasamang
kumain at pagpasok niya sa bahay ng Fariseo, siya ay umupo
sa hapag. 37 At narito, may isang babaing makasalanan na nasa
lungsod na iyon. Nang nalaman niya na si Jesus ay umupo
sa hapag sa bahay ng Fariseo, siya ay nagdala ng pabango na
nasa sisidlang alabastro♦. 38 At siya ay tumayong nananaghoy
sa likuran ng paanan ni Jesus. At sinimulan niyang basain ng
mga luha ang mga paa ni Jesus at pinupunasan niya ang mga
ito ng kaniyang buhok at magiliw niyang hinahalikan ang mga
paa ni Jesus at pinapahiran ang mga ito ng pabango. 39 Ngunit
nang nakita ito ng Fariseo na nag-anyaya kay Jesus, sinabi niya
sa kaniyang sarili, “Kung propeta ang taong ito, nalaman sana
niya kung sino at anong uring babae ang humahawak sa kaniya
sapagkat ang babaing ito ay makasalanan.”

7:39 Mat 21:11
7:44 Jua 13:4-14; 1Ti 5:10

40 Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, “Simon, may ilang
bagay akong sasabihin sa iyo.”

At sinabi niya, “Guro, sabihin mo.”

41 Sinabi ni Jesus, “May dalawang lalaking nangutang sa
isang nagpapautang. Ang isa ay umutang ng limandaang
denaryo° at ang isa ay limampu. 42 At dahil wala silang
maibayad, sila ay kaniyang pinatawad. Sabihin mo, sino kaya
sa kanila ang higit na magmamahal sa kaniya?”

43 Sumagot si Simon at kaniyang sinabi, “Sa palagay ko ay
yaong pinatawad niya ng mas malaki.”

At sinabi ni Jesus sa kaniya, “Tama ang iyong inihatol.”
44 At nang siya ay lumingon sa babae, sinabi niya kay Simon,
“Nakikita mo ba ang babaing ito? Pumasok ako sa iyong
bahay, hindi mo ako binigyan ng tubig para sa aking mga paa.

45 Hindi mo ako binigyan ng halik, ngunit ang babaing ito ay
hindi humihinto sa paghalik sa aking mga paa mula nang ako
ay pumasok. 46 Hindi mo pinahiran ng langis ng olibo ang
aking ulo, ngunit pinahiran niya ng pabango ang aking mga
paa. 47 Dahil dito, sinasabi ko sa iyo, Pinatawad na ang marami
niyang kasalanan sapagkat siya ay umibig nang lubos. Subalit
ang pinatawad ng kaunti ay umiibig ng kaunti."
48 At sinabi niya sa babae, "Ang mga kasalanan mo ay
pinatawad na."
49 At ang mga kasama niyang nakaupo sa hapag ay
nagsimulang magsabi sa kanilang mga sarili, "Sino ito na
nagpapatawad din ng mga kasalanan?"
50 Kaya sinabi niya sa babae, "Iniligtas ka ng iyong
pananampalataya. Humayo kang payapa."

8 At nangyari pagkatapos nito, na si Jesus ay naglakbay rin
sa bawat lungsod at nayon na ipinapangaral at ipinapahayag
ang ebanghelyo patungkol sa paghahari ng Diyos. Kasama
niya ang labindalawang alagad 2 at ang ilang mga babae na
pinagaling mula sa mga karumal-dumal na espiritu at mga
maysakit: si Maria na tinaguriang taga-Magdala na mula sa
kaniya ay lumabas ang pitong demonyo, 3 at si Joana na asawa
ni Chuza na katiwala ni Herodes, at si Susana at ang marami
pang iba na naglilingkod sa kaniya sa pamamagitan ng kanilang
mga ari-arian.

7:45 Rom 16:16
7:48 Mat 9:2
7:50 Mat 9:22; Gaw 15:33
8:1 Mat 4:23
8:2 Mat 27:55-56
8:3 Mat 14:1
8:8 Mat 11:15
8:10 Mat 13:11

Ang Talinghaga Patungkol sa Manghahasik

Mat 13:1-23; Mar 4:1-20

4 Nang nagkatipon ang lubhang maraming tao at ang mga
nanggaling sa bawat lungsod ay nagpunta sa kaniya, siya ay
nagsalita sa pamamagitan ng talinghaga. 5 "Ang manghahasik
ay lumabas upang ihasik ang kaniyang binhi. Sa kaniyang
paghahasik, ang isa nga ay nahulog sa tabi ng daan at ito ay
natapakan at ito ay nilamon ng mga ibon sa himpapawid. 6 Ang
iba ay nahulog sa bato. Nang ito ay umusbong, ito ay natuyo
dahil sa walang hamog. 7 Ang iba ay nahulog sa gitna ng mga
tinik at ang mga tinik ay umusbong kasabay ng mga ito at
sinakal ang mga ito. 8 At ang iba ay nahulog sa mabuting lupa.
Ang mga ito ay umusbong at namunga ng isandaang beses."
Pagkasabi niya ng mga bagay na ito, siya ay sumigaw, "Ang
may mga tainga upang makinig, hayaan siyang makinig!"
9 At ang kaniyang mga alagad ay nagtanong sa kaniya na
sinasabi, "Ano kaya ang kahulugan ng talinghagang ito?"
10 At sinabi niya, "Ipinagkaloob sa inyo na malaman ang
mga hiwaga ng paghahari ng Diyos. Ngunit sa iba ay sa

pamamagitan ng mga talinghaga upang ‘sa pagtingin ay hindi
sila makakakita at sa pagdinig ay hindi sila makakaunawa.’
Isa 6:10

11 “Ngayon, ito ang talinghaga. Ang binhi ay ang salita ng
Diyos. **12** Ang mga nasa tabi ng daan ay ang mga nakikinig.
Pagkatapos ay dumarating ang diyablo at kinukuha ang salita
mula sa kanilang puso upang hindi sila sumampalataya at
maligtas. **13** At ang mga nasa bato ay sila, na kapag makarinig
ay kanilang tinanggap ang salita na may kagalakan, at
ang mga ito ay walang mga ugat, na sa ilang panahon
ay sumasampalataya at sa panahon ng pagsubok, sila ay
tumatalikod. **14** At ang mga nahulog sa mga tinik ay ang mga
nakarinig, na nang sila ay umalis, sila ay nasakal ng mga
kabalisahan at ng mga kayamanan at ng mga kasiyahan ng
buhay, kaya hindi naging ganap ang mga bunga. **15** Ngunit
ang nasa mabuting lupa, sila yaong nang narinig ang salita ay
iningatan ito sa kanilang matapat at mabuting puso at namunga
nang may pagtitiis.

8:11 Heb 4:12
8:13 Mat 11:6
8:14 Mat 19:23; 1Ti 6:9-10,17
8:16 Mat 5:15
8:17 Mat 10:26; Mar 4:22
8:18 Mat 25:29
8:20 Jua 7:5
8:21 Jua 14:21

Ang Ilawan sa Lalagyan

Mat 5:15-16; Mar 4:21-23; Luc 11:33-36

16 “Walang sinuman, na pagkasindi ng ilawan ay tinatakpan
ito ng sisidlan o inilalagay ito sa ilalim ng higaan, kundi ito
ay inilalagay sa lalagyan ng ilawan upang makita ang liwanag
nito ng mga pumapasok, **17** sapagkat walang anumang nakatago
na hindi mahahayag, ni anumang lihim na hindi malalaman
at hindi mahahayag. **18** Kaya mag-ingat kayo kung paano kayo
nakikinig sapagkat ang sinumang mayroon, siya ay bibigyan
at ang sinumang wala, kahit ang inaakala niyang sa kaniya ay
kukunin sa kaniya.”

Ang Ina at mga Kapatid ni Jesus

Mat 12:46-50; Mar 3:31-35

19 At pumunta kay Jesus ang kaniyang ina at ang kaniyang
mga kapatid na lalaki, ngunit hindi sila makalapit sa kaniya
dahil sa napakaraming tao. **20** At may nagbalita sa kaniya na
sinasabi, “Ang iyong ina at iyong mga kapatid na lalaki ay
nakatayo sa labas, nais ka nilang makita.”

21 Ngunit siya ay sumagot at kaniyang sinabi sa kanila, “Ang
aking ina at aking mga kapatid na lalaki ay sila na nakikinig ng
salita ng Diyos at tinutupad ito.”

Pinatigil ni Jesus ang Bagyo

Mat 8:23-27; Mar 4:35-41

22 At isang araw, nangyari na si Jesus at ang kaniyang mga

alagad ay sumakay sa bangka at sinabi niya sa kanila, “Tatawid tayo sa kabilang ibayo ng lawa.” Kaya sila ay naglayag.
23Ngunit habang sila ay naglalayag, si Jesus ay nakatulog at dumating ang isang bagyo ng hangin sa lawa, at sila ay napupuno na ng tubig at nanganganib. **24**Kaya nang sila ay lumapit sa kaniya, siya ay ginising nila na sinasabi, “Guro! Guro! Napapahamak tayo!”

Ngunit nang gumising siya, sinaway niya ang hangin at ang malakas na hampas ng tubig, kaya tumigil ang mga ito at nagkaroon ng kapanatagan. **25**At sinabi niya sa kanila, “Nasaan ang inyong pananampalataya?”

Ngunit sila ay natakot at namangha na sinasabi sa isa't isa, “Sino nga ba ang taong ito? Sapagkat kahit ang hangin at tubig ay inuutusan niya at sila ay sumusunod sa kaniya!”

Pinagaling ni Jesus ang Inaalihan ng Demonyo

Mat 8:28-34; Mar 5:1-20

26At sila ay naglayag patungo sa lupain ng mga taga-Gadara na katapat ng Galilea. **27**At pagkababa niya sa lupa, may sumalubong sa kaniya na isang lalaking mula sa lungsod na matagal nang panahong may mga demonyo. Hindi siya
8:28 Mat 8:29; Mar 5:7
8:31 Pah 9:1-2,11
nagsusuot ng damit at hindi nananatili sa bahay kundi sa mga libingan. **28**At nang nakita niya si Jesus, siya ay sumigaw at nagpatirapa sa harapan niya, at sa pamamagitan ng malakas na tinig ay kaniyang sinabi, “Ano ang kinalaman nito sa akin at sa iyo, Jesus, Anak ng Kataas-taasang Diyos? Isinasamo ko sa iyo, huwag mo akong pahirapan!” **29**sapagkat inutusan niya ang karumal-dumal na espiritu na lumabas mula sa lalaki dahil madalas siyang sunggaban ng demonyo. At siya ay binabantayan at ginagapos sa pamamagitan ng mga tanikala at ng mga pangaw♦. Ngunit pinapatid niya ang mga gapos at itinataboy siya ng demonyo sa ilang.

30At tinanong siya ni Jesus na sinasabi, “Ano ang pangalan mo?”

Sinabi niya, “Lehiyon♦,” sapagkat maraming demonyo ang pumasok sa kaniya. **31**At sila ay nagsumamo kay Jesus na sila ay huwag utusang pumunta sa walang hanggang kalaliman.

32At doon ay may isang kawan ng maraming baboy na nanginginain sa bundok, at kanilang isinamo sa kaniya na pahintulutan silang pumasok sa mga iyon. At sila ay pinahintulutan niya. **33**Kaya nang ang mga demonyo ay lumabas sa lalaki, sila ay pumasok sa mga baboy. At ang kawan ay mabilis na tumakbong palusong sa bangin patungo sa lawa at nalunod.

34Pagkakita ng mga tagapag-alaga sa nangyari, sila ay

tumakbo at sa kanilang pag-alis, ibinalita nila ito sa lungsod
at sa mga kabukiran. 35Kaya ang mga tao ay pumunta upang
tingnan ang nangyari. At sila ay pumunta kay Jesus, at ang
lalaki kung kanino lumabas ang mga demonyo ay natagpuan
nilang nakaupo sa paanan ni Jesus, na nakadamit na at nasa
wastong pag-iisip na, kaya sila ay natakot. 36At sila rin na
nakakita nito ay nagbalita sa kanila kung paano gumaling ang
lalaking inalihan ng mga demonyo. 37At hiniling ng lahat ng
maraming tao sa lupaing palibot ng mga taga-Gadara kay Jesus
na umalis mula sa kanilang lupain dahil nangingibabaw sa
kanila ang labis na takot. Kaya si Jesus ay sumakay sa bangka
at bumalik.

38Ngunit ang lalaki kung kanino lumabas ang mga demonyo
ay nagsusumamo sa kaniya na makasama sa kaniya subalit siya
ay pinauwi ni Jesus na sinasabi, 39"Umuwi ka sa iyong bahay at
isalaysay mo ang dakilang ginawa sa iyo ng Diyos." At siya ay
umalis na ipinapahayag sa buong lungsod ang dakilang ginawa
ni Jesus sa kaniya.

Ang Maysakit na Babae at ang Patay na Bata

Mat 9:18-26; Mar 5:21-43

8:36 Mat 4:24
8:37 Gaw 16:39
8:41 Mar 5:22
8:44 Mat 9:20
8:46 Mat 14:36; Mar 3:10

40At nangyari nang nakabalik si Jesus, siya ay malugod
na tinanggap ng napakaraming tao sapagkat ang lahat ay
naghihintay sa kaniya. 41Narito, dumating ang isang lalaki
na ang pangalan ay Jairus na pinuno ng sinagoga. Siya ay
nagpatirapa sa paanan ni Jesus at isinamo niya kay Jesus na
pumunta sa kaniyang bahay 42dahil ang kaniyang nag-iisang
anak na babae na maglalabindalawang taong gulang ay malapit
nang mamatay.

Ngunit habang pumupunta si Jesus, siya ay siniksik ng
napakaraming tao. 43At may isang babae na labindalawang
taon nang dinudugo at nagugol na niya sa mga manggagamot
ang kaniyang buong kabuhayan at walang sinumang
makapagpagaling sa kaniya. 44At siya ay pumunta sa likuran at
kaniyang hinawakan ang laylayan ng damit ni Jesus at napigil
kaagad ang kaniyang pagdurugo.

45At sinabi ni Jesus, "Sino ang humawak sa akin?" Nang
ang lahat ay tumanggi, si Pedro at ang kaniyang mga kasama
ay nagsabi, "Guro, napakaraming tao ang sumisiksik at
nakapaligid sa iyo, at sinasabi mo, 'Sino ang humawak sa
akin?' "

46Ngunit sinabi ni Jesus, "May humawak sa akin dahil
alam kong may kapangyarihang lumabas sa akin." 47Nang
nakita ng babae na hindi siya makakapagtago, siya ay lumapit
na nanginginig at nagpatirapa sa harapan ni Jesus. Ibinalita

niya kay Jesus sa harap ng lahat ng mga tao ang dahilan
ng paghawak niya sa kaniya at kung paano siya gumaling
kaagad.
48 Kaya sinabi ni Jesus sa kaniya, "Anak, lakasan mo ang
iyong loob, ang iyong pananampalataya ang nagpagaling sa
iyo. Humayo kang payapa."
49 Habang nagsasalita si Jesus, may isang dumating mula
sa bahay ng pinuno ng sinagoga na nagsasabi sa kaniya,
"Patay na ang inyong anak, huwag mo nang abalahin ang
Guro."
50 Subalit nang narinig ito ni Jesus, siya ay sumagot sa
kaniya na sinasabi, "Huwag kang matakot, manampalataya
ka lang at siya ay gagaling." **51** Pagpasok ni Jesus sa bahay,
hindi niya pinahintulutang pumasok ang sinuman maliban
kina Pedro, Santiago at Juan, at ang ina at ama ng bata.
52 At silang lahat ay tumatangis at humahagulhol sa kaniya,
subalit sinabi ni Jesus, "Huwag kayong tumangis, hindi siya
namatay kundi natutulog." **53** Pinagtawanan nila si Jesus dahil
alam nila na ang bata ay patay na.
54 Ngunit nang napalabas ni Jesus ang lahat at nahawakan
ang kamay ng bata, siya ay sumigaw na nagsasabi, "Bata,
bumangon ka." **55** At bumalik ang kaniyang espiritu at siya
ay bumangon kaagad. Kaya ipinag-utos ni Jesus na siya ay
bigyan ng makakain. **56** Ang kaniyang mga magulang ay
namangha, ngunit sila ay pinagbilinan niya na ang nangyari
ay huwag sabihin kaninuman.

8:48 Mat 9:22; Gaw 15:33
8:52 Mat 9:24
8:56 Mat 8:4
9:1 Mat 4:23; 10:1
9:2 Mat 3:2
9:5 Mat 10:14

Ang Pagsugo sa Labindalawang Alagad

Mat 10:1-42; Mar 6:7-13

9 Pagkatipon ni Jesus ng kaniyang labindalawang alagad,
sila ay binigyan niya ng kapangyarihan at kapamahalaan
sa lahat ng mga demonyo at upang magpagaling ng mga
sakit. **2** At sila ay isinugo niya upang ipangaral ang paghahari
ng Diyos at upang pagalingin ang mga may karamdaman.
3 Sinabi niya sa kanila, "Huwag kayong magdala ng anuman
sa inyong paglalakbay kahit tungkod, o supot, o tinapay, o
pilak, o magkaroon ng dalawang tunika.
4 "At saan mang bahay kayo papasok, manatili kayo roon
at umalis kayo mula roon. **5** Kung ang sinuman ay hindi
tatanggap sa inyo, sa inyong paglabas sa lungsod na iyon
ay pagpagin ninyo ang alikabok sa inyong mga paa bilang
patotoo♦ laban sa kanila."
6 Kaya sila ay umalis at sila ay dumaan sa lahat ng mga
nayon na ipinapahayag ang ebanghelyo at nagpapagaling sa
lahat ng dako.

Naguluhan si Herodes

7 At narinig ni Herodes na tetrarka♦ ang lahat ng mga ginawa
ni Jesus at siya ay naguluhan dahil sinasabi ng ilan na si Juan
ay bumangon mula sa mga patay, 8 at ang ilan ay nagsabi
na si Elias nagpakita, ang iba naman ay nagsabi na muling
nabuhay ang isa sa mga propeta nang unang panahon. 9 At
sinabi ni Herodes, "Pinugutan ko ng ulo si Juan. Ngunit sino
ito, na naririnig ko ang mga bagay patungkol sa kaniya?" Kaya
sinikap niya na makita si Jesus.

Pinakain ni Jesus ang Limang Libong Lalaki

Mat 14:13-21; Mar 6:30-44; Jua 6:1-15

10 Pagbalik ng mga apostol, isinalaysay nila sa kaniya
ang lahat ng kanilang mga ginawa. At sila ay isinama niya
at pumuntang bukod sa isang ilang na dako ng lungsod
na tinatawag na Betsaida. 11 Ngunit nang nalaman ito ng
napakaraming tao, sila ay sumunod sa kaniya. Sila ay
kaniyang tinanggap at siya ay nagsalita sa kanila patungkol sa
paghahari ng Diyos, at sila na nangangailangan ng kagalingan
ay kaniyang pinagaling. 12 Nang gumagabi na, lumapit sa
kaniya ang labindalawang apostol at sinabi sa kaniya, "Paalisin
mo na ang napakaraming tao upang sila ay pumunta sa palibot
ng mga nayon at sa mga bukid na matutuluyan nila at sila
ay makakahanap ng pagkain sapagkat tayo ay nasa ilang na
dako."

13 Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, "Bigyan ninyo sila ng
makakain."

Subalit sinabi nila, "Wala tayong ibang pagkain kundi ang
limang tinapay at dalawang isda, maliban na kami ay aalis
at makakabili ng pagkain para sa lahat ng mga taong ito"
14 sapagkat ang mga lalaki ay halos limang libo.

Ngunit sinabi niya sa kaniyang mga alagad, "Paupuin ninyo
sila ng tiglilimampu bawat pangkat." 15 At gayon ang ginawa
nila at pinaupo nila ang lahat.

16 At pagkakuha niya sa limang tinapay at sa dalawang
isda, siya ay tumingin sa langit at pinagpala niya ang mga
ito, pinagputul-putol at ibinigay sa mga alagad upang ihain
sa napakaraming tao. 17 At sila ay kumain at nabusog ang
lahat. At ang lumabis na mga piraso na kanilang nakuha ay
labindalawang bakol.

Ang Pahayag ni Pedro Patungkol sa Mesiyas

Mat 16:13-20; Mar 8:27-30

18 At nangyari nang si Jesus ay nananalanging mag-isa, ang
kaniyang mga alagad ay kasama niya at sila ay tinanong niya

9:7 Mat 3:1; 14:1
9:8 Mat 11:14; Jua 1:21
9:10 Mat 11:21; Mar 6:30
9:11 Mat 3:2
9:16 Mat 14:19

na sinasabi, “Ayon sa sinasabi ng napakaraming tao, sino raw ako?”
19 Sila ay sumagot na sinabi, “Si Juan na tagapagbawtismo,
ngunit ang iba ay nagsasabi, si Elias, at ang iba ay nagsasabi
na ikaw ay isa sa mga propeta ng unang panahon na nabuhay
muli.”
20 Ngunit sinabi niya sa kanila, “Subalit sa inyong sinasabi,
sino ako?”
At sumagot si Pedro na sinabi, “Ang Cristo ng Diyos.”
21 At sila ay mahigpit niyang pinagbilinan at inutusang
huwag itong sabihin sa kaninuman, 22 na sinasabi, “Ang Anak
ng Tao ay kinakailangang magdanas ng matinding pagdurusa
at itatakwil ng matatanda, ng mga punong saserdote♦ at ng mga
eskriba, at upang ipapatay subalit siya ay ibabangon sa ikatlong
araw.”

9:19 Mat 3:1
9:20 Jua 1:49
9:21 Mar 8:30
9:22 Mat 8:20; 16:21; 27:1-2; Gaw 2:23
9:23 Mat 10:38
9:24 Jua 12:25
9:26 Mat 10:33; 16:27; 2Ti 2:12
9:28 Mat 4:21
9:31 2Pe 1:15
9:32 Mat 26:43

Tanggihan ang Sarili at Sumunod sa Akin

23 At sinabi niya sa kanilang lahat, “Kung ibig ng sinuman na
ako ay sundan, tanggihan niya ang kaniyang sarili at pasanin
niya ang kaniyang krus araw-araw at siya ay sumunod sa
akin, 24 sapagkat ang sinumang magnanais na maingatan ang
kaniyang buhay ay mawawalan nito, ngunit ang sinuman na ang
kaniyang buhay ay mawawala alang-alang sa akin, maiingatan
niya ito. 25 Sapagkat ano ang pakikinabangan ng tao kung
makamtan niya ang buong sanlibutan ngunit mapapahamak o
mawawala naman ang kaniyang sarili? 26 Sapagkat kung ako at
ang aking salita ay ikakahiya ng sinuman, siya ay ikakahiya ng
Anak ng Tao sa kaniyang pagparito sa kaniyang kaluwalhatian,
at ng Ama at ng mga banal na anghel. 27 Ngunit katotohanang
sinasabi ko sa inyo, mayroong ilan sa mga nakatayo rito na
kailanman ay hindi makakaranas ng kamatayan hanggang sa
makita nila ang paghahari ng Diyos.”

Ang Pagbabagong-anyo ni Jesus

Mat 17:1-13; Mar 9:2-9

28 Pagkalipas ng halos walong araw pagkatapos ng mga
pananalitang ito, isinama ni Jesus sina Pedro, at Juan at
Santiago at umahon sa bundok upang manalangin. 29 At
nangyari habang siya ay nananalangin, ang anyo ng kaniyang
mukha ay nagbago at nagningning ang kaniyang puting
kasuotan. 30 At narito, may dalawang lalaking nakikipag-usap
sa kaniya, sila ay sina Moises at Elias 31 na mga nagpakita sa
kaluwalhatian, at nagsabi patungkol sa kaniyang kamatayan
na malapit na niyang ganapin sa Jerusalem. 32 Ngunit si
Pedro at ang mga kasama niya ay napahimbing na ng tulog,

subalit nang sila ay gumising, nakita nila ang kaniyang
kaluwalhatian at ang dalawang lalaki na nakatayong
kasama niya. 33At habang papaalis sina Moises at Elias
mula sa kaniya, si Pedro ay nagsabi kay Jesus, "Guro,
mabuti na kami ay naparito at makakagawa kami ng
tatlong kubol: isa para sa iyo, isa para kay Moises at isa
para kay Elias." Sinabi niya ito dahil hindi niya nalalaman
ang kaniyang sinasabi.
34At habang sinasabi niya ang mga ito, dumating ang
ulap at nililiman sila. Ngunit ang mga lalaking ito ay
natakot habang pumapasok sa ulap. 35At mayroong tinig na
nagmula sa ulap na sinasabi, "Ito ang pinakamamahal kong
anak. Pakinggan ninyo siya!" 36Nang lumipas ang tinig, si
Jesus ay natagpuan nilang nag-iisa. At sila ay tumahimik
at hindi nila ibinalita kaninuman sa mga araw na iyon ang
anumang nakita nila.

Sinaway ni Jesus ang Karumal-dumal na Espiritu

Mat 17:14-23; Mar 9:14-29

37Nangyari nang sumunod na araw, pagkababa nila
mula sa bundok ay sumalubong sa kaniya ang lubhang
maraming tao. 38Narito, may lalaking sumigaw mula
sa napakaraming tao, na sinasabi, "Guro, isinasamo ko
sa iyo, tingnan mo ang aking anak, sapagkat siya ay
kaisa-isa kong anak. 39Narito, siya ay sinusunggaban
ng espiritu at siya ay biglang sumisigaw at siya ay
pinapangisay nito hanggang sa bumula ang kaniyang bibig.
Siya ay sinasaktan nito na halos ayaw siyang iwanan.
40Nagsumamo ako sa iyong mga alagad na ito ay palayasin
nila ngunit hindi nila nakaya."
41At sumagot si Jesus na sinabi, "O lahing walang
pananampalataya at lihis, hanggang kailan ako sasama sa
inyo at magtitiis sa inyo? Dalhin mo rito ang iyong anak."
42Habang siya ay papalapit pa lamang kay Jesus, siya ay
ibinalibag ng demonyo at pinangisay. Ngunit sinaway
ni Jesus ang karumal-dumal na espiritu at kaniyang
pinagaling ang bata, at siya ay ibinalik sa kaniyang ama.
43At ang lahat ay namangha sa kadakilaan ng Diyos.
At habang sila ay nanggigilalas sa lahat ng mga ginawa
ni Jesus, sinabi niya sa kaniyang mga alagad, 44"Pakinggan
ninyong mabuti ang mga salitang ito sapagkat ang Anak
ng Tao ay malapit nang ibigay sa mga kamay ng mga tao."
45Ngunit hindi nila naunawaan ang pananalitang ito at ito ay
ikinubli mula sa kanila upang hindi nila ito maintindihan, at
natatakot silang magtanong patungkol sa pananalitang ito.

9:35 Mat 3:17
9:36 Mat 17:9
9:45 Mar 9:32

Ang Tunay na Kadakilaan

Mat 18:1-9; Mar 9:33-39

46 At nagkaroon ng pagtatalu-talo sa kanila kung sino sa
kanila ang magiging pinakadakila. **47** At dahil alam ni Jesus
ang pagtatalu-talo ng kanilang mga puso, siya ay kumuha
ng isang maliit na bata at siya ay pinatayo sa kaniyang tabi.
48 At sinabi niya sa kanila, "Kung ang sinuman ay tatanggap
sa maliit na batang ito dahil sa aking pangalan, ako ang
tinatanggap. Kung ang sinuman ay tatanggap sa akin, ang
nagsugo sa akin ang tinatanggap sapagkat ang pinakamababa
sa inyong lahat ang siyang magiging dakila."

49 Sumagot si Juan at sinabi, "Guro, may nakita kaming
isang nagpapalayas ng mga demonyo sa pangalan mo at
pinagbawalan namin siya dahil siya ay hindi sumusunod na
kasama namin."

50 Ngunit sinabi ni Jesus sa kaniya, "Huwag ninyo siyang
pagbawalan sapagkat siya na hindi laban sa atin ay panig sa
atin."

9:47 Mat 9:4
9:48 Mat 10:40; Mar 9:35
9:50 Mat 12:30
9:51 Mat 4:21; Mar 16:19
9:52 Mat 10:5
9:54 Mat 4:21
9:58 Mat 8:20

Tinanggihan ng mga Taga-Samaria si Jesus

51 At nangyari, habang nagaganap ang mga araw na si
Jesus ay tatanggapin na sa itaas, itinuon niya ang kaniyang
mukha upang makapunta sa Jerusalem, **52** at pinapunta
niya ang mga sugo na mauna sa kaniya. At sa kanilang
pag-alis, sila ay pumasok sa nayon ng mga taga-Samaria
upang maghanda para sa kaniya. **53** Ngunit siya ay hindi
nila tinanggap dahil ang kaniyang mukha ay nakatuon na
sa pagpunta sa Jerusalem. **54** At nang ito ay nakita nina
Santiago at Juan na kaniyang mga alagad ay kanilang sinabi,
"Panginoon, nais mo bang mag-utos kami upang ang apoy
ay bumaba mula sa langit at sila ay tupukin, katulad din ng
ginawa ni Elias?"

55 Ngunit nang siya ay lumingon, sila ay kaniyang sinaway
at sinabi, "Hindi ninyo alam kung sa anong uri ng espiritu
kayo **56** sapagkat ako na Anak ng Tao ay hindi naparito upang
ipahamak ang buhay ng mga tao kundi upang magligtas." At
sila ay pumunta sa ibang nayon.

Ang Halaga ng Pagsunod kay Jesus

Mat 8:19-22

57 At nangyari, habang sila ay naglalakbay sa daan ay may
isang nagsabi sa kaniya, "Panginoon, susunod ako sa iyo
saan ka man pumaroon."

58 At sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ang mga sora ay may
mga lungga at ang mga ibon sa himpapawid ay may mga

pugad, ngunit ang Anak ng Tao ay walang mapaghihiligan ng kaniyang ulo."

59 At sinabi ni Jesus sa iba, "Sumunod ka sa akin."

Ngunit sinabi niya, "Panginoon, pahintulutan mo muna akong umalis upang ilibing ang aking ama."

60 Ngunit sinabi ni Jesus sa kaniya, "Hayaan mo na ilibing ng mga patay ang kanilang sariling mga patay. Subalit humayo ka at ipahayag mo ang paghahari ng Diyos."

61 At sinabi naman ng isa, "Panginoon, susunod ako sa iyo, ngunit pahintulutan mo muna akong magpaalam sa kanila na nasa bahay ko."

62 Ngunit sinabi ni Jesus sa kaniya, "Walang sinumang nakahawak sa araro at tumitingin sa mga bagay sa likuran ay karapat-dapat sa paghahari ng Diyos."

Isinugo ni Jesus ang Pitumpu

10 Pagkatapos ng mga bagay na ito, ang Panginoon ay humirang ng pitumpung iba pa at sila ay isinugo niya nang dala-dalawa sa kaniyang unahan sa bawat lungsod at dako na kaniyang pupuntahan. 2 Kaya sinabi niya sa kanila, "Totoong marami ang anihin ngunit kakaunti ang mga manggagawa. Dumalangin nga kayo sa Panginoon ng anihan upang magpadala siya ng mga manggagawa sa kaniyang anihan. 3 Humayo kayo. Narito, isinusugo ko kayo katulad ng mga batang tupa sa kalagitnaan ng mga lobo. 4 Huwag kayong magdala ng lalagyan ng salapi, o ng supot, o ng mga pangyapak, at huwag kayong bumati kaninuman sa daan. 5 Sa alinmang bahay na inyong papasukan, sabihin ninyo, 'Kapayapaan sa bahay na ito.' 6 Kapag ang anak ng kapayapaan ay naroroon, ang inyong kapayapaan ay mananatili roon, ngunit kung hindi, ito ay babalik sa inyo. 7 At kayo ay manatili mismo sa bahay na iyon. Kainin at inumin ninyo ang anumang bagay na ipagkaloob nila sapagkat ang manggagawa ay karapat-dapat sa kaniyang gantimpala. Huwag kayong magpalipat-lipat ng bahay. 8 At sa alinmang lungsod na inyong papasukin at kayo ay kanilang tatanggapin, kainin ninyo ang mga bagay na inihahain sa inyo. 9 Pagalingin ninyo ang mga may karamdaman na naroroon at sabihin ninyo sa kanila, 'Ang paghahari ng Diyos ay lumapit na sa inyo.' 10 Ngunit sa alinmang lungsod na inyong papasukin at kayo ay hindi tatanggapin, paglabas ninyo sa mga lansangan nito ay sabihin ninyo, 11 'Maging ang alikabok na kumapit sa amin mula sa inyong lungsod ay aming ipinapagpag laban sa inyo. Gayunpaman, alamin ninyo ito, na ang paghahari ng Diyos ay lumapit na sa inyo.' 12 Subalit sinasabi ko sa inyo na lalo pang

9:59 Mat 4:19
9:60 Mat 3:2
10:1 Mat 10:1; Mar 6:7
10:2 Mat 9:37; Jua 4:35
10:3 Mat 10:16
10:7 1Ti 5:18
10:8 1Co 10:27
10:9 Mat 3:2
10:11 Mat 10:14
10:12 Mat 10:15; 11:24

madaling tiisin ang parusa sa Sodoma sa araw na iyon kaysa sa lungsod na iyon."

Kaabahan at Pagpapasalamat

13 "Sa iyong aba, Corazin! Sa iyong aba, Betsaida! Sapagkat
kung ang mga makapangyahirang gawa na nangyari sa inyo ay
nangyari sa Tiro at Sidon, sila ay matagal na sanang nagsisi na
nakaupo sa kasuotang-sako at sa abo♦. 14 At madali pang batahin
ang parusa sa Tiro at Sidon kaysa sa inyo sa paghuhukom. 15 At
ikaw Capernaum na itinaas hanggang sa langit ay ibabagsak
hanggang sa Hades♦. 16 Siya na dumirinig sa inyo ay dumirinig
sa akin. Siya na tumatanggi sa inyo ay tumatanggi sa akin at
siya na tumatanggi sa akin ay tumatanggi sa nagsugo sa akin."
17 At ang pitumpu ay bumalik na may kagalakan na sinasabi,
"Panginoon, kahit ang mga demonyo ay nagpapasakop sa amin
sa pamamagitan ng iyong pangalan."
18 Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, "Nakita ko si Satanas na
nahulog mula sa langit na parang kidlat. 19 Narito, ibinibigay
ko sa inyo ang kapamahalaan upang tapakan ang mga ahas at
mga alakdan at laban sa lahat ng kapangyarihan ng kaaway.
Kailanman ay walang anumang makakapanakit sa inyo.
20 Gayunpaman, huwag ninyo itong ikagalak na ang mga
espiritu ay nagpapasakop sa inyo, ngunit higit ninyong ikagalak
na ang inyong mga pangalan ay nakasulat na sa kalangitan."
21 Sa oras na iyon ay nagalak si Jesus sa espiritu at sinabi,
"O Ama, ipinagbubunyi kita, Panginoon ng langit at ng lupa
sapagkat itinago mo ang mga bagay na ito mula sa matatalino
at marurunong, ngunit ipinahayag mo ang mga ito sa mga
sanggol. Gayon nga Ama, sapagkat ito nga ay naging kaluguran
sa iyong paningin. 22 Ang lahat ng mga bagay ay ibinigay na sa
akin ng aking Ama. Walang nakakakilala kung sino ang Anak
maliban sa Ama, at walang nakakakilala kung sino ang Ama
maliban sa Anak at sa sinumang ninanais pagpahayagan ng
Anak."
23 At nang humarap siya sa kaniyang mga alagad, sinabi niya
nang bukod sa kanila, "Pinagpala ang mga matang nakakakita
ng inyong mga nakikita, 24 sapagkat sinasabi ko sa inyo na
maraming propeta at mga hari ang naghangad upang makita
ang mga nakikita ninyo subalit hindi nila nakita, at upang
marinig ang mga naririnig ninyo subalit hindi nila narinig."

Ang Dakilang Utos at ang Samaritano

25 Narito, isang dalubhasa sa kautusan ang tumayo upang
subukin si Jesus at sinabi, "Guro, ano ang dapat kong gawin
upang magmana ako ng buhay na walang hanggan?"

10:13 Pah 11:3
10:15 Mat 4:13
10:16 Mat 10:40
10:17 Mar 16:17
10:18 Mat 4:10; Pah 9:1
10:19 Mar 16:18; Gaw 28:3-5
10:20 Pah 20:12
10:21 1Co 1:26-29
10:22 Mat 28:18; Jua 1:28
10:24 1Pe 1:10-12
10:25 Mat 19:16

26 Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ano ang nasusulat sa Kautusan?
Ano ang pagkabasa mo?"
27 Kaya sumagot siya at sinabi,
" 'Iibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso
mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong lakas
mo at nang buong pag-iisip mo,'
Deu 6:5
at iibigin mo
'ang iyong kapwa katulad ng iyong sarili.' "
Lev 19:18
28 At sinabi ni Jesus sa kaniya, "Tama ang isinagot mo, gawin
mo ito at ikaw ay mabubuhay."
29 Ngunit dahil ibig niyang ituring na matuwid ang kaniyang
sarili, sinabi niya kay Jesus, "At sino ang aking kapwa?"
30 At sumagot si Jesus na sinabi, "May isang lalaking bumaba
mula sa Jerusalem patungong Jerico at siya ay pinalibutan ng
mga tulisan. Pagkatapos nila siyang hubaran at sugatan, sila ay
umalis at iniwan siyang nag-aagaw buhay. **31** At nagkataong may
isang saserdote ang lumusong sa daang iyon at pagkakita sa
kaniya, siya ay dumaan sa kabilang tabi. **32** At gayundin naman,
ang isang Levita ay napadako rin sa lugar na iyon. Nang siya
ay dumating at kaniyang nakita, siya ay dumaan sa kabilang
tabi. **33** Subalit may isang Samaritano♦ na habang naglalakbay
ay dumating sa kinaroroonan niya at nang nakita niya, siya ay
nahabag. **34** At nang siya ay nakalapit sa kaniya, tinalian niya
ang kaniyang mga sugat at binuhusan ito ng langis at alak, at
isinakay siya sa kaniyang sariling hayop at dinala siya sa isang
bahay-panuluyan at siya ay inalagaan. **35** At kinabukasan, nang
siya ay umalis, kumuha siya ng dalawang denaryo° at ibinigay
ang mga ito sa tagapamahala ng bahay-panuluyan at sinabi sa
kaniya, 'Alagaan mo siya at ano pa man ang iyong magugugol
ay babayaran ko sa iyo sa aking pagbabalik.' **36** Sino ngayon sa
tatlong ito ang ipinapalagay mong naging kapwa tao ng lalaking
nahulog sa mga tulisan?"
37 At sinabi niya, "Siya na gumawa ng kahabagan sa kaniya."
Kaya sinabi ni Jesus sa kaniya, "Humayo ka at gayon ang
iyong gawin."

Higit na Kailangan ang Pakikinig kay Jesus

38 At nangyari, na sa kanilang pagpatuloy, si Jesus ay
pumasok sa isang nayon. At may isang babaing ang pangalan
ay Marta na tumanggap sa kaniya sa kaniyang bahay. **39** Siya
ay may babaing kapatid na tinatawag na Maria at nang siya
ay umupo sa paanan ni Jesus, nakinig siya sa kaniyang salita.
40 Subalit si Marta ay naabala ng maraming paglilingkod. Siya

10:27 Mat 5:43
10:28 Rom 7:10
10:33 Mat 10:5
10:38 Jua 11:1
10:39 Jua 11:1
10:40 Mar 4:38

ay lumapit kay Jesus at sinabi, “Panginoon, wala bang halaga
sa iyo na iniwan ako ng aking kapatid upang maglingkod akong
nag-iisa? Sabihin mo nga sa kaniya na tulungan ako.”
41 Ngunit sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, “Marta,
Marta, ikaw ay nababalisa at nababagabag sa maraming mga
bagay, 42 subalit isang bagay ang kailangan, at pinili ni Maria
ang mabuting bahagi na hindi makukuha sa kaniya.”

Nagturo si Jesus Patungkol sa Panalangin

Mat 6:9-15

11 Nangyari habang si Jesus ay nasa isang dako at
nananalangin, nang siya ay tumigil, isa sa kaniyang mga
alagad ang nagsabi sa kaniya, “Panginoon, turuan mo kami na
manalangin katulad din ng pagturo ni Juan sa kaniyang mga
alagad.”
2 At sinabi ni Jesus sa kanila, “Kapag kayo ay mananalangin,
sabihin ninyo: Aming Ama na nasa kalangitan, pakabanalin
ang iyong pangalan. Dumating ang iyong paghahari. Mangyari
ang iyong kalooban, kung paano sa langit ay maging gayundin
sa lupa. 3 Ibigay mo sa amin sa araw na ito, ang pang-araw-araw
naming pagkain. 4 Patawarin mo kami sa aming mga kasalanan
sapagkat pinapatawad din namin ang bawat isang nagkakautang
sa amin. Huwag mo kaming dalhin sa tukso, sa halip ay iligtas
mo kami mula sa masama.”
5 At sinabi niya sa kanila, “Sino sa inyo ang may kaibigan at
kayo ay pupunta sa kaniya sa hatinggabi, at sasabihin sa kaniya,
‘Kaibigan, pahiramin mo ako ng tatlong tinapay 6 sapagkat
ang aking kaibigan ay dumating mula sa paglalakbay at wala
akong maihahain sa kaniya’? 7 At siya na nasa loob ay sasagot
na magsasabi, ‘Huwag mo akong gambalain. Nakasara na ang
pinto at kami ng aking mga anak ay nasa higaan na at hindi
ko na kayang bumangon upang magbigay sa iyo.’ 8 Sinasabi
ko sa inyo, bagaman hindi siya magbibigay sa kaniya, siya
ay babangon sapagkat siya ay kaniyang kaibigan, at dahil sa
kaniyang pagpupumilit, siya ay tatayo at ibibigay sa kaniya ang
anumang kaniyang kailangan.
9 “Kaya ako ay nagsasabi sa inyo, humiling kayo at ito ay
ibibigay sa inyo. Maghanap kayo at kayo ay makakasumpong.
Kumatok kayo at ito ay bubuksan sa inyo, 10 sapagkat ang
bawat isang humihiling ay tumatanggap, at siya na naghahanap
ay nakakasumpong, at siya na kumakatok ay pagbubuksan.
11 Ngunit sino sa inyo na ama, ang mag-aabot ng bato sa anak
na hihiling ng tinapay? At kung siya ay hihiling ng isda, ang
iaabot ba niya sa kaniya ay ahas sa halip na isda? 12 O kapag
siya ay hihiling ng itlog, ang iaabot ba niya sa kaniya ay

10:41 Mat 6:25-34
10:42 Jua 13:13
11:2 Mat 3:2
11:4 Mat 18:35; 26:41; Mar 11:25; San 1:13
11:9 Mat 7:7

alakdan? 13Kung kayo nga bilang masasama ay marunong
magbigay ng mga mabuting kaloob sa inyong mga anak, gaano
pa kaya ang Ama na nasa langit na magbibigay ng Banal na
Espiritu sa kanila na humihiling sa kaniya?"

Mapalabas ba ni Satanas si Satanas?

Mat 12:22-37; Mar 3:20-30

14At si Jesus ay nagpapalayas ng demonyo at ito ay pipi. At
nangyari, nang nakalabas ang demonyo, ang taong napipi ay
nagsalita at namangha ang napakaraming tao. 15Subalit ang ilan
sa kanila ay nagsabi, "Siya ay nagpapalayas ng mga demonyo
sa pamamagitan ni Beelzebub♦ na pinuno ng mga demonyo."
16Ngunit ang iba na sumusubok sa kaniya ay naghahanap
sa kaniya ng tanda mula sa langit. 17Ngunit yamang siya ang
nakakaalam ng kanilang mga pag-iisip ay sinabi niya sa kanila,
"Ang bawat paghaharing nahahati laban sa kaniyang sarili ay
nawawasak, at ang sambahayang nahahati laban sa sambahayan
ay bumabagsak. 18At kung si Satanas din ay nahahati laban sa
kaniyang sarili, paano makakatayo ang kaniyang paghahari?
Sinabi ko ito sapagkat sinasabi ninyo na ang pagpapalayas
ko ng mga demonyo ay sa pamamagitan ni Beelzebub. 19At
kung ako ay nagpapalayas ng mga demonyo sa pamamagitan
ni Beelzebub, sa pamamagitan nino naman nagpapalayas ang
inyong mga anak? Dahil dito, sila ang magiging tagapaghatol
ninyo. 20Ngunit kung nagpapalayas ako ng mga demonyo
sa pamamagitan ng daliri ng Diyos, walang pag-aalinlangan
na ang paghahari ng Diyos ay dumating na sa inyo. 21Kapag
ang isang lalaking malakas na nasandatahang lubos ang
magbabantay sa kaniyang sariling bulwagan, ang kaniyang
ari-arian ay ligtas. 22Subalit kung ang higit na malakas kaysa sa
kaniya ay dumating at malulupig siya, kukunin sa kaniya ang
buong sandata na pinagtitiwalaan niya at ang kaniyang mga
samsam ay ipamimigay. 23Siya na hindi sumasama sa akin ay
laban sa akin, at siya na hindi nakikipagtipong kasama ko ay
nangangalat.
24"Kapag ang karumal-dumal na espiritu ay makalabas
mula sa isang tao, ito ay gumagala sa mga tuyong dako,
na naghahanap ng pahingahan. Ngunit kapag wala itong
matagpuan, sasabihin nito, 'Babalik ako sa bahay na aking
pinanggalingan.' 25At sa pagbabalik nito ay matatagpuan itong
nawalisan na at napalamutian na, 26kaya paroroon ito at isasama
ang pitong ibang espiritu na higit pang masasama kaysa sa
kaniya. At sa pagpasok ng mga ito, sila ay maninirahan doon.
Kaya ang magiging huli ng lalaking iyon ay lalong malubha
kaysa noong una."

11:14 Mat 9:32-33
11:15 Mat 9:34; Mar 3:22
11:16 Mat 12:38
11:17 Mat 9:4
11:18 Mat 4:10
11:20 Mat 3:2
11:23 Mat 12:30; Mar 9:40
11:26 2Pe 2:20

27 At nangyari, na habang sinasabi ni Jesus ang mga bagay na
ito, isang babaing mula sa napakaraming tao ang sumigaw na
nagsabi sa kaniya, "Pinagpala ang sinapupunan na nagdala sa
iyo at ang mga suso na sinusuhan mo."
28 Sinabi ni Jesus, "Oo, subalit ang totoong pinagpala ay ang
mga nakikinig ng salita ng Diyos at sinusunod ito."

Si Jonas Bilang Isang Tanda

Mat 12:38-45

29 At nang dumagsa ang napakaraming tao, siya ay
nagsimulang magsalita. "Ang masamang lahing ito ay mahigpit
na naghahanap ng tanda, subalit walang tanda na ibibigay sa
kanila maliban sa tanda ni Jonas na propeta 30 sapagkat kung
paanong naging tanda si Jonas sa mga taga-Nineve, gayundin
ang Anak ng Tao sa lahing ito. 31 Ang reyna ng timog ay
titindig sa paghuhukom kasama ang mga lalaki ng lahing ito
at hahatulan sila, sapagkat siya ay dumating mula sa kadulu-
duluhan ng daigdig upang pakinggan ang karunungan ni
Solomon. Ngunit narito, ang isang higit kaysa kay Solomon ay
nandito. 32 Ang mga lalaki sa Nineve ay tatayo sa paghuhukom
kasama ng lahing ito at kanilang hahatulan ang lahing ito
sapagkat sila ay nagsisi dahil sa pangangaral ni Jonas. Ngunit
narito, ang isang higit kaysa kay Jonas ay nandito.

11:28 Jua 14:21; Heb 4:12
11:29 Mat 12:38; 16:4
11:33 Mat 5:15
11:38 Mar 7:3-4
11:39 Mat 23:25-26; Mar 7:20-23

Ang Ilaw ng Katawan

Mat 6:22-23

33 "Walang sinuman na pagkasindi ng ilawan ay inilalagay
ito sa lihim na dako, o sa ilalim ng takalan kundi sa lalagyan ng
ilawan upang makita ng mga pumapasok ang liwanag. 34 Ang
ilawan ng katawan ay ang mata. Kaya kapag malinaw ang
iyong mata, ang iyong buong katawan ay puno rin ng liwanag,
subalit kapag ito ay masama, ang iyong katawan ay puno rin
ng kadiliman. 35 Kaya tingnan mong mabuti na ang liwanag na
nasa iyo ay hindi maging kadiliman. 36 Kaya kung ang buong
katawan mo ay puno ng liwanag na walang anumang bahaging
madilim, ang buong katawan ay magiging puno ng liwanag
katulad sa ningning ng ilawan kapag magliliwanag sa iyo."

Ang Anim na Kaabahan

37 Ngunit habang si Jesus ay nagsasalita, siya ay inanyayahan
ng isang Fariseo upang kumaing kasalo niya. Kaya siya ay
pumasok at dumulog sa hapag. 38 At ang Fariseo ay nagtaka
nang nakitang si Jesus ay hindi muna naghugas bago kumain.
39 Ngunit sinabi ng Panginoon sa kaniya, "Ngayon, kayong
mga Fariseo ay naglilinis ng labas ng tasa at ng pinggan

subalit ang loob ninyo ay puno ng kasakiman at kasamaan.
40 Mga hangal! Hindi ba siya na gumawa ng labas ay siya
ring gumawa ng loob? 41 Gayunpaman, ibahagi ninyo sa mga
nangangailangan ang mga bagay na nasa inyo, at narito, ang
lahat ng mga bagay ay magiging malinis para sa inyo.
42 "Ngunit sa inyong aba, mga Fariseo! Sapagkat nagbibigay
kayo ng ikapu ng menta*, ng ruda† at ng bawat halaman subalit
nilalagpasan ninyo ang hatol at pag-ibig ng Diyos. Ang mga
ito ang kailangang gawin at huwag kaligtaan ang iba. 43 Sa
inyong aba, mga Fariseo! Sapagkat iniibig ninyo ang mga
pangunahing upuan sa mga sinagoga at ang mga pagbati sa
mga pamilihan. 44 Sa inyong aba, mga eskriba at mga Fariseo,
mga mapagpaimbabaw! Sapagkat kayo ay katulad ng mga
libingan na hindi napapansin at hindi alam ng mga tao na sila
ay lumalakad sa ibabaw ng mga ito."
45 Kaya ang isa sa mga dalubhasa sa kautusan ay sumagot sa
kaniya na sinasabi, "Guro, sa pagsasabi mo ng mga bagay na ito
ay inaalipusta mo rin kami."
46 At sinabi niya, "Sa inyong aba, mga dalubhasa sa
kautusan! Sapagkat ipinapapasan ninyo sa mga tao ang mga
pasaning mahirap dalhin at kayo mismo ay hindi ninyo
idinadaiti ang isa man lang sa inyong mga daliri sa mga
pasaning ito. 47 Sa inyong aba! Sapagkat nagtatayo kayo ng mga
libingan ng mga propeta, ngunit ang mga ninuno ninyo ang
pumapatay sa kanila. 48 Kaya kayo nga ang nagpapatotoo at
sumasang-ayon sa mga gawa ng inyong mga ninuno sapagkat
sila nga ang pumatay sa kanila at kayo ang nagtatayo ng
kanilang mga libingan. 49 Dahil dito, ang karunungan din ng
Diyos ay nagsabi, 'Magsusugo ako sa kanila ng mga propeta at
ng mga apostol. At ang ilan sa kanila ay kanilang papatayin at
palalayasin' 50 upang masingil sa lahing ito ang dugo ng lahat ng
mga propeta na nabuhos mula pa sa pagkatatag ng sanlibutang
ito, 51 simula sa dugo ni Abel hanggang sa dugo ni Zacarias na
pinatay sa pagitan ng dambana♦ at dakong banal. Oo, sinasabi
ko sa inyo, ito ay sisingilin sa lahing ito.
52 "Sa inyong aba, mga dalubhasa sa kautusan sapagkat
inilayo ninyo ang susi ng kaalaman. Kayo mismo ay hindi
pumasok at hinadlangan ninyo ang mga pumapasok."
53 Ngunit habang sinasabi niya ang mga bagay na ito sa
kanila, ang mga eskriba at mga Fariseo ay nagsimula upang
siya ay labis na tuligsain at siya ay piliting tanungin patungkol
sa maraming bagay. 54 At sila ay nagbabantay sa kaniya at
naghahanap ng pagkakataon upang makahuli ng ilang mga

* **11:42** *menta*: Luntiang dahong mabango.
† **11:42** *ruda*: Mabangong halaman na makapal ang dahon.

11:40
1Co 15:36
11:41
Gaw 10:15
11:42
Mat 23:23
11:43
Mat 23:6-7
11:44
Mat 23:27
11:45
Mat 22:35
11:46
Mat 23:4
11:48
Mat 23:29-32; Gaw 7:51-53
11:49
Mat 23:34; 1Co 1:24, 30; Col 2:3
11:51
Mat 23:35-36
11:52
Mat 23:13
11:54
Mat 12:10

bagay mula sa kaniyang bibig nang sa gayon siya ay kanilang maparatangan.

Tinuruan at Binigyang Babala ang Labindalawa

12 Sa panahong iyon, nang ang hindi mabilang na napakaraming tao ay nagkakatipon, kung kaya sila ay nagkakatapakan na sa isa't isa, si Jesus ay nagsimulang magsabi, una sa kaniyang mga alagad, "Mag-ingat kayo sa pampaalsa ng mga Fariseo, na ito ay ang pagpapaimbabaw, **2**sapagkat walang anumang natakpan na hindi mahahayag o nakatago na hindi malalaman. **3**Sa halip, anuman ang inyong sabihin sa dilim ay maririnig sa liwanag at anuman ang inyong ibulong sa loob ng mga silid ay mahahayag sa mga bubungan.

4"At sinasabi ko sa inyo na mga kaibigan ko, huwag kayong matakot sa mga pumapatay ng katawan at pagkatapos ng mga ito ay wala nang magagawang anumang higit pa. **5**Ngunit ipapauna kong sasabihin sa inyo kung sino ang inyong katatakutan. Katakutan ninyo siya na pagkatapos pumatay ay may kapamahalaang magtapon sa impiyerno♦. Oo, sinasabi ko sa inyo, katakutan ninyo siya.

6"Hindi ba ang limang maya ay ipinagbibili sa halagang dalawang sentimo° at isa man sa kanila ay hindi pinabayaan ng Diyos? **7**Ngunit kahit ang mga buhok ng inyong ulo, ang lahat ay may bilang na. Kaya huwag kayong matakot. Kayo ay higit na mahalaga kaysa sa maraming maya.

8"Sinasabi ko rin sa inyo, ang sinumang maghahayag sa akin sa harap ng mga tao ay ihahayag din naman ng Anak ng Tao sa harap ng mga anghel ng Diyos. **9**Ngunit siya na magkakaila sa akin sa harap ng mga tao ay ipagkakaila rin sa harap ng mga anghel ng Diyos.

10"At ang bawat isang magsasalita laban sa Anak ng Tao, ito ay ipapatawad sa kaniya, ngunit siya na maglalapastangan laban sa Banal na Espiritu, ito ay hindi ipapatawad.

11"At kapag kayo ay dadalhin nila sa mga sinagoga at sa harap ng mga pinuno at ng mga may kapamahalaan, huwag kayong mabalisa kung paano, o ano ang inyong isasagot, o ano ang inyong sasabihin **12**sapagkat ang Banal na Espiritu ang magtuturo sa inyo sa oras ding iyon kung ano ang kailangan ninyong sabihin."

12:1 Mat 16:6
12:2 Mar 4:22
12:4 Jua 15:14-15
12:5 Heb 10:31
12:7 Mat 10:30; 12:12
12:9 Mar 8:38; 2Ti 2:12
12:10 Mat 8:20; 12:31-32; 1Jn 5:16
12:11 Mat 10:17,19
12:12 Mat 10:20; Mar 13:11

Ang Talinghaga ng Mayamang Hangal

13At may isang nagsabi sa kaniya mula sa napakaraming tao, "Guro, sabihin mo sa aking kapatid na lalaki na hatiin ang mana kasama ako."

14Ngunit sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ginoo, sino ang

nagtalaga sa akin na maging tagapaghatol o tagapaghati para sa
inyo?" 15At sinabi niya sa kanila, "Tingnan ninyo at mag-ingat
kayo mula sa kasakiman sapagkat ang buhay ng sinuman ay
wala sa kasaganaan ng mga bagay na kaniyang tinatangkilik."
16Kaya isinalaysay niya ang isang talinghaga sa kanila na
sinasabi, "Ang lupain ng isang mayamang lalaki ay namunga
ng sagana. 17At kaniyang masusing pinag-isipan sa kaniyang
sarili na sinasabi, 'Ano ang maari kong gawin sapagkat wala
akong lugar na pag-iimbakan ng mga bunga na inani ko?' 18At
sinabi niya, 'Ito ang aking gagawin. Gigibain ko ang aking
mga kamalig at magpapatayo ako ng higit na malaki at doon ko
iipunin ang lahat ng aking mga ani at ang aking mga ari-arian.
19At sasabihin ko sa aking kaluluwa, "Kaluluwa ko, ikaw ay
nakapag-ipon ng maraming ari-arian para sa maraming taon.
Magpahinga ka. Kumain ka. Uminom ka. Magsaya ka." '
20Ngunit sinabi ng Diyos sa kaniya, 'Hangal! Sa gabing ito ay
babawiin sa iyo ang iyong kaluluwa. Ngunit kanino mapupunta
ang mga bagay na iyong inihanda?'
21"Ganito ang isang nag-iimpok ng kayamanan para sa
kaniyang sarili ngunit hindi mayaman sa harap ng Diyos."

Magtiwala at Maging Matapat

12:28
Mat 6:30
12:30
Mat 6:8

22Ngunit sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, "Dahil
dito, sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mabalisa sa inyong
buhay, kung ano ang inyong kakainin, o kung ano ang inyong
ibibihis sa inyong katawan. 23Ang buhay ay higit kaysa sa
pagkain at ang katawan ay higit kaysa sa damit. 24Pagmasdan
ninyong mabuti ang mga uwak sapagkat hindi sila naghahasik,
ni hindi sila nag-aani, ni wala silang silid o kamalig, ngunit
ang Diyos ang nagpapakain sa kanila. Gaano pa kaya kayo
na higit na mahalaga kaysa sa mga ibon? 25Sino sa inyo na sa
pamamagitan ng pagkabalisa ay nakakayanang magdagdag ng
isang siko° sa kaniyang tangkad? 26Kaya yamang hindi ninyo
magawa kahit ang pinakamaliit na bagay, bakit kayo nababalisa
sa iba? 27Unawain ninyong mabuti ang mga liryo kung paano
lumalaki na hindi nagpapagal, ni nagsisinulid. Gayunpaman,
ako ang nagsasabi sa inyo na kahit si Solomon ay hindi
nakapagdamit nang katulad sa isa sa mga ito sa kaniyang buong
kaluwalhatian. 28Kaya yamang dinaramtan ng Diyos ang mga
damo na ngayon ay nasa parang at bukas ay itatapon sa pugon,
gaano pa kaya kayo, kayo na may maliit na pananampalataya?
29"Huwag kayong maghanap kung ano ang inyong kakainin,
o kung ano ang inyong iinumin, ni huwag kayong mag-alala
30sapagkat ang lahat ng mga bagay na ito ay mahigpit na
hinahangad ng mga bansa sa sanlibutan, ngunit alam ng inyong

Ama na kinakailangan ninyo ang mga bagay na ito. 31 Sa halip
ay hanapin ninyo ang paghahari ng Diyos at ang lahat ng mga
bagay na ito ay idadagdag sa inyo.
32 "Huwag kayong matakot, munting kawan, sapagkat ang
inyong Ama ay nalulugod na ibigay sa inyo ang paghahari.
33 Ipagbili ninyo ang inyong mga tinatangkilik at magbahagi
kayo sa mga nangangailangan. Maglaan kayo ng mga lalagyan
ng salapi na hindi naluluma, ng kayamanan na hindi nauubos
sa langit kung saan ay walang makakalapit na magnanakaw o
tanga* na sumisira 34 sapagkat kung saan naroroon ang inyong
kayamanan ay naroroon din ang inyong puso.

Maghintay at Maging Handa

35 "Hayaan ninyo na ang inyong mga balakang ay mabigkisan
at ang inyong ilawan ay palaging nagniningas, 36 at kayo ay
katulad sa mga taong naghihintay sa kanilang panginoon
kung kailan siya babalik mula sa kasalan, na sa kaniyang
pagdating at pagkatok, siya ay kaagad nilang mapapagbuksan.
37 Pinagpala ang mga aliping iyon, na sa pagdating ng
panginoon ay matatagpuang nagbabantay. Katotohanang
sinasabi ko sa inyo na bibigkisan niya ang kaniyang sarili
at siya ay dudulog sa hapag at sa kaniyang paglapit, siya
ay maglilingkod sa kanila. 38 At kung siya ay makarating
sa ikalawang pagbabantay†, o kung siya ay makarating sa
ikatlong pagbabantay‡ at matatagpuan sila sa gayong paraan ay
pinagpala ang mga aliping iyon. 39 Ngunit alamin ninyo ito, na
kung alam ng may-ari ng sambahayan ang oras ng pagdating
ng magnanakaw, nagbantay sana siya at hindi niya pinabayaan
na napagnakawan ang kaniyang bahay. 40 Kaya maging handa
rin kayo sapagkat ang Anak ng Tao ay darating sa oras na hindi
ninyo inaakala."
41 Ngunit sinabi ni Pedro sa kaniya, "Panginoon, sinasabi mo
ba ang talinghagang ito para sa amin o para rin sa lahat?"
42 Subalit sinabi ng Panginoon, "Kung gayon sino ang
matapat at matalinong tagapangasiwa na siyang pamamahalain
ng kaniyang panginoon sa sambahayan niya upang bigyan
ng pagkaing bahagi nila sa takdang panahon. 43 Pinagpala
ang aliping iyon, na sa pagdating ng kaniyang panginoon
ay matatagpuang gumagawa nang gayon. 44 Katotohanang
sinasabi ko sa inyo na siya ay kaniyang pamamahalain sa lahat
ng kaniyang mga tinatangkilik. 45 Ngunit kapag sasabihin

12:31 Mat 3:2; 19:29
12:32 Mat 14:27; 25:34
12:33 Mat 6:20; Gaw 2:45; San 5:2
12:34 Mat 6:21
12:37 Mat 20:28; 24:42,46
12:39 Mat 6:19; 1Te 5:2; 2Pe 3:10; Pah 3:3
12:40 Mar 13:33

* **12:33** *tanga*: Isang uri ng kulisap na kahawig ng paruparo at lumilipad sa gabi.
† **12:38** *ikalawang pagbabantay*: Ito ay ang oras mula sa ikasiyam ng gabi hanggang sa hatinggabi.
‡ **12:38** *ikatlong pagbabantay*: Ito ay ang oras mula sa hatinggabi hanggang sa ikatlo ng madaling araw.

ng aliping iyon sa kaniyang puso, 'Ipinagpapaliban ng aking
panginoon ang kaniyang pagdating,' kaya magsisimula siya
na paluin ang mga lingkod na lalaki at mga lingkod na babae,
at upang kumain din at uminom at magpakalasing, 46ang
panginoon ng aliping iyon ay darating sa araw na hindi niya
inaasahan at sa oras na hindi niya nalalaman. At siya ay
hahatiin at ang kaniyang bahagi ay itatalaga kasama sa mga
hindi mananampalataya. 47At yaong alipin na nakakaalam ng
kalooban ng kaniyang panginoon at hindi naghanda, ni ginawa
ang ayon sa kalooban ng kaniyang panginoon ay mahahagupit
ng marami. 48Ngunit siya na hindi nakakaalam at gumawa ng
mga bagay na nararapat sa mga palo ay mahahagupit ng kaunti.
Subalit sa lahat na binigyan ng marami ay hahanapan din siya
ng marami, at siya na pinagkatiwalaan ng marami ay lalong
marami ang hihingiin sa kaniya.

Hindi Kapayapaan Kundi Pagkakahati-hati

49"Ako ay pumarito upang magdala ng apoy sa lupa at ano
pa ang nanaisin ko kapag ito ay napadingas na? 50Ngunit ako
ay may bawtismo na ibabawtismo sa akin, at kung paano ako
pinahihirapan hanggang sa ito ay maganap. 51Sa palagay ba
ninyo ay naparito ako upang magbigay ng kapayapaan sa lupa?
Sinasabi ko sa inyo, Hindi, sa halip ay pagkakabaha-bahagi
52sapagkat simula ngayon, ang lima na nasa isang sambahayan
ay magkakaroon ng pagkakabaha-bahagi, ang tatlo ay laban
sa dalawa at ang dalawa ay laban sa tatlo. 53Ang ama ay
mahihiwalay laban sa anak na lalaki at ang anak na lalaki ay
laban sa ama. Ang ina ay laban sa anak na babae at ang anak
na babae ay laban sa ina. Ang biyenang babae ay laban sa
kaniyang manugang na babae at ang manugang na babae ay
laban sa kaniyang biyenang babae."

12:50
Mar 10:38;
Jua 19:30
12:53
Mat 10:21
12:54
Mat 16:2
12:56
Mat 16:3
12:58
Mat 5:25

Pagbibigay-Kahulugan sa Kapanahunan

54At sinabi rin niya sa napakaraming tao, "Kapag makita
ninyo ang ulap na pumapaitaas mula sa kanluran ay sinasabi
ninyo kaagad, 'Dumarating ang ulan' at gayon ang nangyayari.
55At kapag ang hanging habagat ay umiihip, sinasabi ninyo,
'Magkakaroon ng matinding init' at ito ay nangyayari. 56Mga
mapagpaimbabaw! Alam na ninyong kilalanin ang anyo ng
langit at ng lupa, ngunit paanong hindi ninyo nakikilala ang
kapanahunang ito?

57"At bakit naman sa inyong mga sarili ay hindi ninyo
mahatulan kung ano ang matuwid? 58Sapagkat habang
pumupunta ka sa pinuno kasama ng nagsasakdal sa iyo, habang
ikaw ay nasa daan pa lang, gumawa ka ng hakbang upang

makipagkasundo sa kaniya. Kung hindi, ikaw ay maaari niyang
kaladkarin patungo sa hukom at ang hukom ang maghahatid
sa iyo sa tanod ng hukuman at ang tanod ng hukuman ang
magpapabilanggo sa iyo. 59 Sinasabi ko sa inyo na hinding-hindi
ka makakalabas doon hanggang sa mabayaran mo ang kahuli-
hulihang lepta°."

Magsisi o Mapahamak

13 Sa panahon ding iyon ay naroroon ang ilan na
nagsalaysay sa kaniya patungkol sa mga taga-Galilea na
ang kanilang dugo ay inihalo ni Pilato sa kanilang mga hain.
2 At sa pagsagot ni Jesus ay sinabi niya sa kanila, "Ipinapalagay
ba ninyo na ang mga taga-Galileang ito ay naging higit
na makasalanan kaysa sa lahat ng mga taga-Galilea dahil
dinanas na nila ang mga bagay na ito? 3 Sinasabi ko sa inyo,
hindi. Subalit kapag hindi kayo magsisi, kayong lahat ay
mapapahamak sa gayunding paraan. 4 O yaong labing-walong
tao na binagsakan ng tore sa Siloe na pumatay sa kanila,
ipinapalagay ba ninyo na sila ay naging higit na makasalanan
kaysa sa lahat ng mga taong naninirahan sa Jerusalem?
5 Sinasabi ko sa inyo, hindi. Subalit kapag hindi kayo magsisi,
kayong lahat ay mapapahamak sa gayunding paraan."

6 At sinabi ni Jesus ang talinghagang ito, "May isang lalaki
na may puno ng igos na nakatanim sa kaniyang ubasan, at siya
ay pumunta upang maghanap ng bunga sa puno ngunit wala
siyang nakita. 7 Kaya sinabi niya sa tagapag-alaga ng ubasan,
'Narito, tatlong taon na akong pumaparito upang maghanap ng
bunga sa puno ng igos na ito at wala akong nakikita. Putulin
mo ito, dahil bakit sinasayang pa nito ang lupa?' 8 Ngunit siya
ay sumagot at sinabi sa kaniya, 'Panginoon, sa taon ding ito
ay hayaan mo ito hanggang sa mahukay ko ang paligid nito at
malagyan ng pataba, 9 at kapag ito nga ay magbunga, mabuti.
Ngunit kung hindi, sa darating na taon, putulin mo na ito.' "

Pinagaling ni Jesus ang Lumpo

10 At si Jesus ay nagtuturo sa isa sa mga sinagoga sa araw ng
Sabat♦. 11 Narito, mayroong isang babae na labing-walong taon
nang mayroong espiritu ng karamdaman. Siya ay nakukuba
na at hindi na niya kayang tumayo nang tuwid. 12 Ngunit
nang nakita siya ni Jesus, siya ay tinawag at sinabi sa kaniya,
"Ginang, pinalaya ka na sa iyong karamdaman." 13 At ipinatong
ni Jesus ang kaniyang mga kamay sa babae at kaagad siyang
nakatayo nang tuwid at niluluwalhati niya ang Diyos.

14 Ngunit ang pinuno sa sinagoga ay sumagot na may
matinding galit sapagkat si Jesus ay nagpagaling sa araw ng

12:59 Mat 5:26; Mar 12:42
13:1 Mat 27:2
13:2 Jua 9:2-3
13:4 Jua 9:7,11
13:5 Mat 3:2; Gaw 2:38
13:6 Mat 21:19
13:7 Mat 3:10
13:10 Mat 4:23
13:13 Mar 5:23
13:14 Mat 12:2; Mar 5:22

Sabat, at sinasabi niya sa napakaraming tao, “May anim na
araw na ang tao ay dapat gumawa, kaya sa mga araw na ito
kayo ay pumarito at pagalingin, ngunit hindi sa araw ng Sabat.”
15Kaya sumagot ang Panginoon sa kaniya at sinabi,
“Mapagpaimbabaw! Hindi ba sa araw ng Sabat ay kinakalagan
ng bawat isa sa inyo ang kaniyang toro o asno mula sa kulungan
at inaakay ito at pinapainom? 16Ngunit ang babaing ito na anak
ni Abraham ay ginapos ni Satanas sa loob ng labing-walong
taon. Narito, hindi ba nararapat na siya ay palayain mula sa
pagkagapos na ito sa araw ng Sabat?” 17At pagkasabi niya ng
mga bagay na ito, ang lahat ng mga kumakalaban sa kaniya ay
napahiya, at ang lahat ng napakaraming tao ay nagalak sa lahat
ng maluwalhating mga bagay na ginawa sa pamamagitan niya.

Ang Binhi ng Mustasa at ang Pampaalsa

18Kaya sinabi niya, “Ano ang katulad ng paghahari ng
Diyos at sa ano ko ito ihahambing? 19Ito ay katulad ng
isang butil ng mustasa na kinuha ng isang tao at inihagis sa
kaniyang halamanan. Ito ay tumubo at naging isang malaking
punongkahoy at ang mga ibon sa himpapawid ay namugad sa
mga sanga nito.”
20At sinabi niyang muli, “Sa ano ko ihahambing ang
paghahari ng Diyos? 21Ito ay katulad ng pampaalsa na kinuha
ng isang babae at inihalo sa tatlong takal° na harina hanggang
sa napaalsa nito ang lahat.”

Ang Makipot na Daan

22At si Jesus ay dumaan sa mga lungsod at sa mga nayon
na nagtuturo, at patuloy na naglalakbay patungong Jerusalem.
23Ngunit ang isa ay nagsabi sa kaniya, “Panginoon, kakaunti ba
ang maliligtas?”

At sinabi niya sa kanila, 24“Pagsikapan ninyong pumasok
sa makipot na tarangkahan. Sinasabi ko ito sa inyo sapagkat
marami ang maghahanap upang pumasok ngunit hindi nila
makakayanan. 25Kapag titindig ang may-ari ng sambahayan
at isasara niya ang pinto, kayo ay magsisimulang tumayo sa
labas at kakatok sa pinto, na sinasabi, ‘Panginoon, Panginoon,
pagbuksan mo kami.’ Siya ay sasagot at sasabihin sa inyo,
‘Hindi ko kayo kilala. Saan kayo nanggaling?’ 26At pagkatapos
ay magsisimula kayong magsabi, ‘Kami ay kumain at uminom
sa harap mo at sa aming mga lansangan ay nagturo ka.’ 27At
siya ay magsasalita, ‘Sinasabi ko sa inyo, hindi ko kayo kilala.
Saan kayo nanggaling? Lumayo kayo sa akin, kayong lahat
na manggagawa ng kalikuan.’ 28Doon ay magkakaroon ng
pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin kapag makita ninyo

13:16 Mat 4:10
13:18 Mat 3:2; 13:24
13:19 Mat 13:32
13:21 1Co 5:6
13:24 Mat 7:13
13:25 Mat 7:23
13:27 Mat 7:23
13:28 Mat 8:12

si Abraham, si Isaac, si Jacob at lahat ng mga propeta na nasa
kaharian ng Diyos, ngunit kayo mismo ay itinataboy palabas.
29 At darating ang mga nanggaling mula sa silangan at sa
kanluran, mula sa hilaga at sa timog at sila ay papaupuin sa
kaharian ng Diyos. 30 Narito, may mga huli na magiging una at
may mga una na magiging huli."

Nagdalamhati si Jesus Dahil sa Jerusalem

Mat 23:37-39

31 Sa araw ding iyon ay lumapit ang ilang mga Fariseo na
nagsasabi sa kaniya, "Lumabas ka at umalis ka rito sapagkat
nais kang patayin ni Herodes."

32 Sinabi naman niya sa kanila, "Pumunta kayo at sabihin
ninyo ito sa sora, 'Narito, ako ay nagpapalayas ng mga
demonyo at ginaganap ko ang pagpapagaling ngayon at
bukas, at sa ikatlong araw ay matatapos ko ang aking gawain.'
33 Gayunpaman, kinakailangan na ako ay humayo ngayon,
bukas at sa susunod na araw sapagkat hindi mangyayari na ang
propeta ay mamatay sa labas ng Jerusalem.

13:29 Mat 8:11
13:30 Mat 19:30
13:31 Mat 14:1
13:32 Heb 2:10
13:33 Mat 21:11
13:34 Mat 23:37
14:1 Mat 12:10
14:3 Mat 22:35

34 "Jerusalem, Jerusalem, ikaw na pumapatay sa mga propeta
at bumabato sa kanila na isinusugo sa iyo. Gaano kadalas kong
ninais na tipunin ang iyong mga anak kung paano tinitipon ng
inahing manok ang kaniyang mga inakay sa ilalim ng kaniyang
pakpak, ngunit ayaw ninyo. 35 Narito, ang iyong bahay ay
naiwan sa iyo na wala nang nakatira. Ngunit katotohanang
sinasabi ko sa inyo na hinding-hindi mo ako makikita hanggang
sa dumating ang oras na sasabihin mo, 'Pinagpala siya na
dumarating sa pangalan ng Panginoon.' "

Awi 118:26

Si Jesus sa Bahay ng Isang Fariseo

14 At nangyari, na sa pagpunta ni Jesus sa bahay ng
isa sa mga pinuno ng mga Fariseo upang kumain ng
tinapay sa araw ng Sabat, siya ay kanilang pinagmamatyagan
nang malapitan. 2 Narito, may isang lalaki sa harap niya na
may pamamanas. 3 At si Jesus ay sumagot at nagsalita sa
mga dalubhasa sa kautusan at sa mga Fariseo na sinasabi,
"Pinahihintulutan ba sa Kautusan ang magpagaling sa araw ng
Sabat?"

4 Ngunit sila ay tumahimik. At nang hinawakan niya ang
lalaki, siya ay kaniyang pinagaling at hinayaan siyang umalis.
5 At siya ay sumagot sa kanila na sinabi, "Sino ba sa inyo ang
mayroong asno o toro na mahuhulog sa balon at hindi niya ito
iaahon kaagad sa araw ng Sabat?" 6 At hindi nila nakayang
sumagot muli sa kaniya patungkol sa mga bagay na ito.

7 Kaya siya ay nagsabi ng talinghaga sa kanila na mga
naanyayahan dahil napansin niyang pinipili nila ang mga
pangunahing dako. Sinabi niya sa kanila, 8 "Kapag ikaw ay
maaanyayahan ng sinuman sa isang kasalan, huwag kang
mauupo sa pangunahing dako baka may higit na marangal
kaysa sa iyo na kaniyang inanyayahan. 9 At siya na nag-anyaya
sa iyo ay lumapit at sasabihin sa iyo, 'Bigyan mo ng lugar ang
taong ito.' Kung gayon ay sisimulan mo nang kunin na may
kahihiyan ang kahuli-hulihang lugar. 10 Ngunit kapag ikaw ay
maaanyayahan, sa pagpunta mo ay dumulog ka sa hapag sa
kahuli-hulihang lugar upang sa paglapit ng nag-anyaya sa iyo
ay sasabihin niya sa iyo, 'Kaibigan, pumunta ka sa higit na
mataas.' Pagkatapos, ang karangalan ay mapapasaiyo sa harap
ng mga kasama mong nakadulog sa hapag, 11 sapagkat ang
bawat isang nagtataas ng kaniyang sarili ay ibababa at siya na
nagpapakumbaba ng kaniyang sarili ay itataas."

12 Ngunit sinabi naman ni Jesus sa nag-anyaya sa kaniya,
"Kapag ikaw ay maghahanda ng agahan o hapunan, huwag
mong tawagin ang mga kaibigan mo, ni ang mga kapatid
mong lalaki, ni ang mga kamag-anak mo, ni ang mga kapit-
bahay mong mayayaman baka ikaw ay anyayahan din nila at
magiging ganti sa iyo. 13 Subalit kung ikaw ay maghahanda ng
isang piging, tawagin mo ang mga dukha, mga lumpo, mga
pilay at mga bulag. 14 At ikaw ay pagpapalain dahil wala silang
maigaganti sa iyo sapagkat ikaw ay gagantihan sa muling
pagkabuhay ng mga matuwid."

14:11 Mat 23:12
14:14 Gaw 24:15
14:15 Mat 3:2; 26:29; Pah 19:9

Ang Talinghaga sa Malaking Piging

15 At nang ang mga bagay na ito ay narinig ng isa sa mga
kasama niyang nakadulog sa hapag, sinabi niya kay Jesus,
"Pinagpala siya na kakain ng tinapay sa kaharian ng Diyos."

16 Ngunit sinabi ni Jesus sa kaniya, "May isang lalaki na
naghanda ng malaking hapunan at nag-anyaya ng marami.
17 At sa oras ng hapunan ay sinugo niya ang kaniyang lalaking
alipin upang magsabi sa mga inaanyayahan, 'Halina kayo,
sapagkat nakahanda na ang lahat.' 18 Ngunit nagkaisa ang lahat
na magsimulang magdahilan. Ang una ay nagsabi sa kaniya,
'Bumili ako ng isang bukid at kailangan na aking puntahan
at ito ay tingnan. Ipinakikiusap ko sa iyo, ipagpaumanhin
mo ako.' 19 Ang isa naman ay nagsabi, 'Bumili ako ng
limang pares na baka at ako ay pupunta upang subukan sila.
Ipinakikiusap ko sa iyo, ipagpaumanhin mo ako.' 20 Ang isa
rin ay nagsabi, 'Nagpakasal ako sa isang babae at dahil dito,
hindi ko magawang pumunta.' 21 At nang dumating ang aliping
iyon, ibinalita niya sa kaniyang panginoon ang mga bagay na

ito. Kaya sa labis na galit, ang may-ari ng sambahayan ay
nagsabi sa kaniyang lalaking alipin, ‘Pumunta ka kaagad
sa mga lansangan at sa mga makitid na daan ng lungsod,
at dalhin mo rito ang mga dukha, ang mga lumpo, ang
mga pilay at ang mga bulag.’ 22 Sinabi naman ng alipin,
‘Panginoon, nagawa na ang ayon sa iniutos mo, ngunit
mayroon pang lugar.’ 23 Ngunit sinabi ng panginoon sa alipin,
‘Pumunta ka sa mga daan at sa mga hangganang bakod, at
pilitin mo sila na pumasok upang mapuno ang aking bahay,
24 sapagkat sinasabi ko sa inyo na wala kahit isa sa mga
lalaking iyon na naanyayahan ang makakatikim ng aking
hapunan.’ ”

Ang Halaga ng Pagiging Alagad

Mat 10:37-39

25 At sumama sa kaniya ang lubhang napakaraming
mga tao kaya si Jesus ay humarap at sinabi niya sa kanila,
26 “Kung ang sinuman ay pumarito sa akin at hindi
namumuhi sa kaniyang ama at ina at asawang babae at mga
anak at mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae, kahit
sa sarili niyang buhay ay hindi niya kakayaning maging
alagad ko. 27 At ang sinumang hindi nagpapasan ng kaniyang
krus at sumusunod sa akin ay hindi niya kakayaning
maging alagad ko, 28 sapagkat sino sa inyo ang nagnanais na
magtayo ng tore na hindi muna siya umupo at bilangin ang
halaga kung mayroon siyang sapat para sa pagpatapos nito?
29 Dahil kapag nailagay na niya ang saligan at wala siyang
kakayahan upang maipatapos ito, ang lahat niyaong mga
nakakakita nito ay magsisimula upang siya ay kutyain 30 na
sinasabi, ‘Ang lalaking ito ay nagsimulang magtayo ngunit
hindi niya kayang ipatapos.’ 31 O sinong hari ang pumupunta
upang makipaglaban sa ibang hari sa digmaan na hindi
muna siya umupo at sumasangguni kung sa sampung libo ay
kaya niyang sagupain yaong dumarating sa kaniya na may
dalawampung libo? 32 Ngunit kung hindi, habang malayo pa
sa kaniya ay magsusugo siya ng kinatawan at hingiin ang
mga batayan para sa kapayapaan. 33 Kaya sa gayong paraan,
ang bawat isa sa inyo na hindi niya iniiwan ang lahat ng
kaniyang mga tinatangkilik ay hindi niya kakayaning maging
alagad ko.

34 “Ang asin ay mabuti, ngunit kapag nawalan ito ng alat,
ano pa ang mapapalasa nito? 35 Hindi ito nararapat, ni para
sa lupa, kahit sa dumi ng hayop, sa halip ito ay itinatapon sa
labas. Siya na may mga tainga para makinig, hayaan siyang
makinig.”

14:24 Mat 21:43; Gaw 13:46
14:26 Mat 10:37; Jua 12:25
14:27 Mat 10:38
14:33 Flp 3:7-8
14:34 Mar 9:50
14:35 Mat 5:13; 11:15

Ang Talinghaga ng Napahamak na Tupa

Mat 18:10-14

15 Ngunit ang lahat na mga maniningil ng buwis at mga
makasalanan ay lumalapit upang makinig sa kaniya. **2** At
ang mga Fariseo at mga eskriba ay nagbulung-bulungan na
sinasabi, “Ang taong ito ay tumatanggap ng mga makasalanan
at kumakaing kasama nila.” **3** Ngunit isinalaysay ni Jesus ang
talinghagang ito sa kanila na sinasabi,

4 “Sino sa inyo ang lalaking may isandaang tupa at
napahamak ang isa sa kanila na hindi iiwan ang siyamnapu't
siyam sa ilang at aalis patungo sa napahamak na tupa hanggang
sa matagpuan niya ito. **5** At kapag natagpuan niya ito, papasanin
niya ito sa kaniyang mga balikat, na nagagalak? **6** At pagdating
niya sa bahay, sama-sama niyang tatawagin ang kaniyang mga
kaibigan at mga kapitbahay, na sinasabi sa kanila, ‘Makigalak
kayo sa akin sapagkat natagpuan ko ang aking tupa na
napahamak.’ **7** Sinasabi ko sa inyo na sa gayong paraan ay
magkakaroon ng kagalakan sa langit sa isang makasalanang
nagsisisi kaysa sa siyamnapu't siyam na matuwid na hindi
nangangailangan ng pagsisisi.

Ang Talinghaga ng Nawalang Pilak

8 “O sino sa inyo ang babaing may sampung piraso ng pilak°,
na kapag mawala niya ang isang piraso ay hindi nagsisindi
ng ilawan at nagwawalis sa bahay at maingat na naghahanap
hanggang sa matagpuan niya ito? **9** At kapag natagpuan niya
ito ay tinatawag niya ang kaniyang mga kaibigan at mga
kapitbahay, na sinasabi, ‘Makigalak kayo sa akin sapagkat
natagpuan ko ang aking piraso ng pilak na nawala.’ **10** Sinasabi
ko sa inyo, na sa gayong paraan ay nagkakaroon ng kagalakan
sa harap ng mga anghel ng Diyos sa isang makasalanang
nagsisisi.”

Ang Talinghaga ng Dalawang Anak

11 At sinabi niya, “May isang lalaking may dalawang
anak na lalaki. **12** At ang nakababata sa kanila ay nagsabi sa
kaniyang ama, ‘Ama, ibigay mo sa akin ang bahagi ng ari-arian
na nauukol sa akin.’ At hinati niya sa kanila ang kaniyang
kabuhayan. **13** Kaya pagkalipas ng ilang araw, nang naipon
na ang lahat, ang nakababatang anak na lalaki ay naglakbay
patungo sa malayong lupain at doon niya nilustay ang kaniyang
ari-arian na namumuhay sa magulong paraan. **14** Ngunit nang
nagugol na niya ang lahat, nagkaroon ng matinding taggutom
sa lupaing iyon at siya ay nagsimula nang mangailangan.
15 Kaya siya ay humayo at sumama sa isa sa mga mamamayan

15:2
Mat 9:11
15:3
Mat 13:3
15:7
Mat 21:29
15:11
Mat 21:28

ng lupaing iyon. Ngunit siya ay kaniyang sinugo sa kaniyang
mga bukirin upang magpakain ng mga baboy. 16At mahigpit
niyang hinangad na busugin ang kaniyang tiyan mula sa mga
bunga ng punungkahoy ng mga balat ng carob* na kinakain ng
mga baboy dahil walang sinumang nagbibigay sa kaniya.
17"Ngunit nang napagkilala niya ang kaniyang sarili, sinabi
niya, 'Gaano karami ang upahang utusan ng aking ama na
sumasagana sa tinapay, ngunit ako ay namamatay sa gutom.
18Ako ay tatayo at pupunta sa aking ama at sasabihin ko sa
kaniya, "Ama, ako ay nagkasala laban sa langit at sa iyong
paningin 19at ako ay hindi na karapat-dapat na tawaging anak
mo. Gawin mo ako bilang isa sa iyong mga upahang utusan." '
20"At siya ay tumayo at siya ay pumunta sa kaniyang ama.
Ngunit habang siya ay malayo pa, siya ay nakita ng kaniyang
ama at nahabag sa kaniya. At tumakbo ang ama at siya ay
kaniyang mahigpit na niyakap at magiliw na hinalikan.
21Ngunit sinabi sa kaniya ng anak, 'Ama, ako ay nagkasala
laban sa langit at sa iyong paningin at ako ay hindi na karapat-
dapat na tawaging iyong anak.'
22"Gayunpaman, sinabi ng ama sa kaniyang mga alipin,
'Dalhin ninyo ang pinakamainam na kasuotan at isuot
ninyo ito sa kaniya, at magbigay kayo ng singsing para sa
kaniyang kamay at mga pangyapak para sa kaniyang mga
paa. 23Magdala rin kayo ng pinatabang guya at katayin ninyo
ito at tayo ay kakain at magkasayahan habang kumakain
24sapagkat ang anak kong ito ay patay ngunit nabuhay muli,
siya ay napahamak at natagpuan.' At sila ay nagsimulang
magkasayahan.
25"Ngunit ang kaniyang anak na nakakatanda ay nasa bukid.
At habang siya ay dumarating na papalapit sa bahay, siya ay
nakarinig ng tugtugin at sayawan. 26Kaya pagkatawag niya
sa isa sa mga lingkod na lalaki, siya ay nagtanong kung ano
kaya ang kahulugan ng mga bagay na ito. 27At sinabi ng alipin
sa kaniya, 'Ang iyong kapatid ay dumating at ang iyong ama
ay nagkatay ng pinatabang guya sapagkat ang kapatid mo ay
tinanggap niyang malusog.'
28"Ngunit siya ay labis na nagalit at ayaw nang pumasok.
Kaya ang kaniyang ama ay lumabas at nagsusumamo sa
kaniya. 29Ngunit siya ay sumagot sa kaniyang ama na sinabi,
'Narito, naglingkod ako sa iyo ng napakaraming taon at
kailanman ay hindi ako lumabag sa iyong utos at kailanman
ay hindi mo ako binigyan ng maliit na kambing upang
magkasayahan kami ng aking mga kaibigan. 30Subalit nang

15:18 Mat 3:2
15:20 Gaw 20:37
15:22 Pah 6:11
15:24 Efe 2:1, 5; 1Ti 5:6

* **15:16** *carob*: Isang puno na ang bunga na katulad ng kadyus ay para sa pagkain ng hayop.

dumating itong anak mo na siyang umubos ng iyong kabuhayan
kasama ng mga patutot, nagkatay ka ng pinatabang guya para
sa kaniya.'
31 "Gayunpaman, sinabi ng ama sa kaniya, 'Anak, ikaw
ay palagi kong kasama at lahat ng mga nasa akin ay sa iyo.
32 Ngunit ang magsaya at magalak ay kailangan sapagkat ang
kapatid mong ito ay patay at nabuhay muli, siya ay napahamak
at natagpuan.' "

Ang Tusong Katiwala

16 At sinabi rin ni Jesus sa kaniyang mga alagad, "May
isang lalaking mayaman na may isang tagapangasiwa
at ito ay pinaratangan niya na nilulustay ang kaniyang mga
ari-arian. 2 At nang siya ay kaniyang ipinatawag, sinabi niya sa
kaniya, 'Ano itong naririnig ko patungkol sa iyo? Magbigay-
sulit ka sa iyong pagiging katiwala sapagkat hindi ka na
maaaring maging katiwala pa.'
3 "Ngunit sinabi ng tagapangasiwa sa kaniyang sarili, 'Ano
ang aking gagawin dahil inaalis na sa akin ng aking panginoon
ang pagiging tagapangasiwa. Ang paghuhukay ay hindi ko
makakaya at ang pamamalimos ay aking ikinahihiya. 4 Alam
ko kung ano ang aking gagawin upang kapag ako ay maaalis
sa pagiging katiwala, ako ay matatanggap nila sa kanilang mga
bahay.'
5 "Kaya nang kaniyang tinawag ang bawat isang may utang
sa kaniyang panginoon, sinabi niya sa una, 'Magkano ang
utang mo sa aking panginoon?' 6 At sinabi niya, 'Isandaang
timba° ng langis ng olibo.' Sinabi ng katiwala sa kaniya,
'Tanggapin mo ang kasulatan ng utang mo at umupo ka kaagad
at isulat mo, limampu.' 7 Pagkatapos nito ay sinabi niya sa isa,
'At ikaw, magkano ang utang mo?' Sinabi rin niya, 'Isandaang
bariles° ng trigo.' At sinabi sa kaniya ng katiwala, 'Tanggapin
mo ang kasulatan ng utang mo at isulat mo, walumpu.' 8 At
pinuri ng panginoon ang hindi matapat na tagapangasiwa
sapagkat siya ay gumawa na may katusuhan dahil ang mga
anak ng kapanahunang ito, sa sarili nilang lahi, ay higit na tuso
kaysa sa mga anak ng liwanag.
9 "Sinasabi ko sa inyo, 'Makipagkaibigan kayo sa
pamamagitan ng kayamanan ng kalikuan upang kung kayo ay
hindi makakabayad, kayo ay matatanggap nila sa mga toldang
walang hanggan.' 10 Siya na matapat sa kakaunti ay matapat din
sa marami at siya na hindi matuwid sa kakaunti ay hindi rin
matuwid sa marami. 11 Kaya kung hindi kayo naging matapat sa
hindi matuwid na kayamanan, sino ang magkakatiwala sa inyo
ng tunay na kayamanan? 12 Kung hindi kayo naging matapat

16:8 Jua 12:36; Efe 5:8; 1Te 5:5
16:9 Mat 19:21
16:10 Mat 25:21,23

sa pag-aari ng iba, sino ang magbibigay sa inyo ng inyong
pag-aari?
13"Walang kasambahay ang makakapaglingkod sa dalawang
panginoon sapagkat maaaring kamumuhian niya ang isa at
iibigin niya ang iba, o kakapitan niya ang isa at hahamakin
ang iba. Hindi ninyo makakayanang maglingkod sa Diyos at sa
kayamanan."
14Ang lahat ng mga bagay na ito ay narinig din ng mga
Fariseo na mga maibigin sa salapi, at siya ay nilibak nila.
15Kaya sinabi niya sa kanila, "Kayo yaong mga nagmamatuwid
sa inyong mga sarili sa harap ng mga tao. Ngunit nalalaman ng
Diyos ang inyong mga puso sapagkat kung ano ang lubos na
pinahahalagahan ng mga tao ay kasuklam-suklam sa paningin
ng Diyos.

Iba pang mga Katuruan

16:13 Mat 6:24
16:14 1Ti 3:3
16:15 Pah 2:23
16:16 Mat 4:23; 5:17
16:17 Mat 5:18
16:18 Mat 5:31-32; Mar 10:11; Rom 7:2-3
16:20 Gaw 3:2
16:21 Mat 15:27
16:24 Mat 5:22

16"Ang Kautusan at ang mga Propeta ay hanggang kay
Juan. Simula sa panahong iyon, ang paghahari ng Diyos ay
naipapangaral at ang bawat isa ay marahas na nagpupumilit
pumasok doon. 17Ngunit higit na madali na ang langit at lupa ay
lumipas kaysa ang isang kudlit* ng Kautusan ay hindi matupad.
18"Ang bawat isang nagpapaalis sa kaniyang asawang babae
at siya ay nagpapakasal sa iba ay nangangalunya, at ang bawat
isang nagpapakasal sa kaniya na pinaalis ng asawang lalaki ay
nangangalunya.

Ang Lalaking Mayaman at si Lazaro

19"May isang lalaking mayaman at siya ay nakadamit ng
kulay ube at pinong lino, at marangyang pinapasaya araw-araw.
20May isa ring lalaking dukha na ang pangalan ay Lazaro na
inilagay sa tarangkahan ng mayaman. Siya ay puno ng sugat
21at mahigpit niyang hinahangad na mabusog mula sa mga
mumong nahuhulog mula sa hapag-kainan ng mayamang
lalaki. Higit pa rito, ang mga aso na lumalapit ay hinihimod
ang kaniyang mga sugat. 22Nangyari na ang lalaking dukha ay
namatay at siya ay dinala ng mga anghel sa piling ni Abraham.
At ang lalaking mayaman ay namatay rin at inilibing. 23At sa
Hades ay itinaas niya ang kaniyang paningin. At sa pagsisimula
ng kaniyang paghihirap ay nakikita niya sa malayo si Abraham,
at si Lazaro ay nasa kaniyang piling.
24"Ngunit siya ay sumigaw at sinabi, 'Amang Abraham,
kahabagan mo ako at suguin mo si Lazaro upang kaniyang
isawsaw ang dulo ng kaniyang daliri sa tubig at palamigin

* **16:17** *kudlit*: Isang maliit na usli na ginagamit sa pagsulat upang ipakita ang pagkakaiba ng dalawang katinig sa alpabeto ng Hebreo.

ang aking dila sapagkat ako ay lubhang pinaparusahan sa
lagablab ng apoy na ito.' 25Ngunit sinabi ni Abraham, 'Anak,
alalahanin mo na ikaw mismo ay tumanggap ng mabubuting
bagay sa buong buhay mo, ngunit si Lazaro ay tumanggap ng
masasamang bagay. Ngunit sa ngayon siya naman ay inaaliw
subalit ikaw ay lubhang nagdurusa. 26At higit sa lahat ng
mga ito, sa pagitan namin at sa inyo ay mayroong nakatatag
na malaking bangin upang ang mga nagnanais na tumawid
mula rito patungo sa inyo ay hindi makakayanan at kahit sila
na nagnanais pumunta mula riyan patungo sa amin ay hindi
makakatawid.'

27"Kaya sinabi niya, 'Kung gayon, ako ay humihiling sa iyo
ama, na kung maaari ay suguin mo si Lazaro sa bahay ng aking
ama, 28sapagkat ako ay may limang kapatid na lalaki, upang
kung maaari ay magpatotoo siya sa kanila nang sila naman
ay hindi makarating sa dakong ito ng pagdurusa.' 29Sinabi
ni Abraham sa kaniya, 'Nasa kanila ang isinulat ni Moises at
ang mga aklat ng mga Propeta. Hayaang sila ay makinig sa
kanila.' 30Subalit sinabi niya, 'Hindi, hindi, amang Abraham.
Ngunit kapag ang isang nagmula sa mga patay ay makakapunta
sa kanila, sila ay magsisisi.' 31Subalit sinabi ni Abraham sa
kaniya, 'Kung hindi nila pinapakinggan si Moises at ang mga
aklat ng mga Propeta, sila ay hindi mahihikayat kahit na may
isang babangon mula sa mga patay.' "

Kasalanan, Pananampalataya, Tungkulin

17 At sinabi ni Jesus sa mga alagad, "Hindi maaari na ang
mga katitisuran ay hindi darating. Ngunit, sa aba niya
na pinanggagalingan nito. 2Mas mabuti pa sa kaniya kung ang
malaking gilingang-bato ay ibinibitin sa kaniyang leeg at siya
ay maitapon na sa dagat kaysa matitisod sa kaniya ang isa sa
maliliit na ito. 3Ingatan ninyo ang inyong mga sarili. At kapag
magkakasala laban sa iyo ang iyong kapatid, sawayin mo siya,
ngunit kapag siya ay magsisisi, patawarin mo siya. 4At kapag
magkakasala siya laban sa iyo nang pitong ulit sa isang araw
at babalik siya sa iyo ng pitong ulit sa isang araw at magsasabi,
'Ako ay nagsisisi,' patawarin mo siya."

5At sinabi ng mga apostol sa Panginoon, "Dagdagan mo ang
aming pananampalataya."

6Ngunit sinabi ng Panginoon, "Kung mayroon kayong
pananampalatayang katulad ng butil ng mustasa, maari ninyong
sabihin sa punongkahoy na ito, 'Mabunot ka at maitanim ka
sa dagat' at ito ay maaring sumunod sa inyo. 7Subalit sino sa
inyo ang mayroong aliping nag-aararo o nag-aalaga ng mga
tupa, na sa kaniyang pagdating mula sa bukid ay sasabihin sa

16:28 Gaw 2:40; 1Te 4:6
16:29 Jua 1:45; Gaw 15:21
17:1 Mat 5:29; 18:7
17:2 Mat 5:29; Mar 10:24
17:3 Mat 18:15; Efe 4:32; Col 3:13
17:4 Mat 18:21-22
17:5 Mar 6:30
17:6 Mat 13:31; 21:21; Mar 9:23

kaniya kaagad, ‘Dumulog ka sa hapag’? 8Sa halip ay hindi ba
sasabihin mo pa sa kaniya, ‘Ipaghanda mo ako ng makakain,
magbigkis ka at paglingkuran mo ako hanggang sa ako ay
makakain at makainom. Pagkatapos ng mga ito, ikaw ay kakain
at iinom.’ 9Hindi ba niya pasasalamatan ang aliping iyon dahil
ginawa niya ang mga bagay na iniutos sa kaniya? Sa palagay
ko ay hindi. 10Gayundin naman kayo, kapag nagawa na ninyo
ang lahat ng mga iniutos sa inyo, sabihin ninyo, ‘Kami ay mga
aliping hindi kapaki-pakinabang sapagkat ginawa lamang
namin ang dapat naming gawin.’ ”

Pinagaling ang Sampung Ketongin

11At nangyari, na habang si Jesus ay umaahon patungong
Jerusalem, siya ay dumaan din sa gitna ng Samaria at
Galilea, 12at habang siya ay pumapasok sa isang nayon, siya
ay sinalubong ng sampung lalaking ketongin na nakatayo
sa malayo. 13At sila ay sumigaw na sinasabi, “Jesus, Guro,
kahabagan mo kami.”

14At nang ito ay nakita ni Jesus, sinabi niya sa kanila,
“Humayo kayo at ipakita ninyo ang inyong sarili sa mga
saserdote.” At nangyari na habang sila ay humahayo, sila ay
nalinis.

15Ngunit nang nakita ng isa sa kanila na siya ay gumaling,
siya ay bumalik na niluluwalhati ang Diyos sa pamamagitan ng
malakas na tinig. 16At siya ay nagpatirapa sa harapan malapit sa
paanan ni Jesus na nagpapasalamat sa kaniya at ang lalaking ito
ay Samaritano♦.

17At sumagot si Jesus na sinabi, “Hindi ba sampu ang
nalinis? Ngunit nasaan ang siyam? 18Wala na bang natagpuang
bumalik upang magbigay ng kaluwalhatian sa Diyos maliban sa
dayuhang ito?” 19Kaya sinabi niya sa kaniya, “Tumindig ka at
humayo. Pinagaling ka na ng iyong pananampalataya.”

17:10 1Co 9:16
17:11 Jua 4:3-4
17:12 Mat 8:2
17:14 Mat 8:4
17:15 Mat 9:8
17:16 Mat 10:5
17:19 Mat 9:22
17:20 Mat 3:2
17:22 Mat 8:20
17:23 Mat 24:23

Ang Pagdating ng Paghahari ng Diyos

20At nang tinanong siya ng mga Fariseo kung kailan darating
ang paghahari ng Diyos, siya ay sumagot at sinabi sa kanila,
“Ang paghahari ng Diyos ay hindi dumarating sa pamamagitan
ng pagmamasid, 21ni sa kanilang sasabihin, ‘Tingnan mo rito!’
o ‘Tingnan mo roon!’ Narito, sapagkat ang paghahari ng Diyos
ay nasa inyo.”

22At sinabi ni Jesus sa mga alagad, “Darating ang mga
araw na mahigpit ninyong hahangarin na makita ang isa
sa mga araw ng Anak ng Tao at hindi ninyo ito makikita.
23At sasabihin nila sa inyo, ‘Tingnan mo rito!’ o ‘Tingnan
mo roon!’ Huwag ninyo silang puputahan, ni susundan,

24 sapagkat kung paano ang pagningning ng kidlat ay
nagliliwanag mula sa isang bahagi sa ilalim ng langit
hanggang sa isang bahagi sa ilalim ng langit, gayundin ang
pagdating ng Anak ng Tao sa araw niya. 25 Ngunit kailangan
muna siyang magbata ng maraming bagay at tanggihan ng
lahing ito. 26 At kagaya ng nangyari sa mga araw ni Noe,
magiging gayundin sa mga araw ng Anak ng Tao. 27 Sila ay
kumakain, sila ay umiinom, sila ay nag-aasawa at sila ay
ipinapakasal hanggang sa araw na pumasok si Noe sa daong at
dumating ang baha at silang lahat ay napahamak. 28 Gayundin
naman ang nangyari sa mga araw ni Lot. Sila ay kumakain,
sila ay umiinom, sila ay bumibili, sila ay nagtitinda, sila ay
nagtatanim at sila ay nagtatayo. 29 Ngunit sa araw na si Lot ay
lumabas mula sa Sodoma, umulan ng apoy at asupre mula sa
langit at silang lahat ay napahamak. 30 Katulad ng mga ito ang
mangyayari sa araw na ang Anak ng Tao ay inihahayag.

31 "Sa araw na iyon, siya na nasa bubungan at ang kaniyang
mga ari-arian ay nasa loob ng bahay, huwag na siyang hayaang
bumaba upang kunin ang mga ito. At siya na nasa bukid ay
gayundin, huwag na siyang hayaang bumalik. 32 Alalahanin
ninyo ang asawa ni Lot. 33 Kapag ang sinuman ay magnanais
na ingatan ang kaniyang buhay ay mawawalan nito, ngunit
kapag ang sinuman na ang kaniyang buhay ay mawawala ay
maiingatan ito. 34 Sinasabi ko sa inyo, sa gabing iyon ay may
dalawang tao sa isang higaan, ang isa ay makukuha at ang isa
ay maiiwan. 35 Dalawang babae ang naggigiling na magkasama
sa isang lugar, ang isa ay makukuha at ang isa ay maiiwan.
36 Dalawang lalaki ang nasa bukid, ang isa ay makukuha at ang
isa ay maiiwan."

37 At sila ay sumagot at sinabi sa kaniya, "Panginoon, saan?"

Sinabi niya sa kanila, "Kung saan naroroon ang patay na
katawan, doon matitipon ang mga buwitre."

17:24
Mat 24:27
17:25
Mat 16:21;
Mar 13:30
17:30
Mat 10:23;
1Co 1:7;
1Te 2:19;
2Te 1:7;
2Pe 3:4;
Pah 1:7
17:31
Mat
24:17-18
17:33
Jua 12:25
17:35
Mat 24:41
17:37
Mat 24:28
18:1
Gaw 1:14;
Rom 1:10;
Efe 6:18;
Col 4:2;
1Te 5:17

Ang Talinghaga Patungkol sa Matiyagang Babaing Balo

18 At sinabi rin ni Jesus ang isang talinghaga sa
kanila upang ipabatid na kinakailangan palaging
manalangin at huwag manghina ang loob. 2 Sinasabi
niya, "May isang hukom sa isang lungsod na hindi siya
natatakot sa Diyos at walang iginagalang na tao. 3 At
may isang babaing balo sa lungsod na iyon at patuloy na
nagpupunta sa kaniya, na sinasabi, 'Ipaghiganti mo ako
sa aking kalaban.' 4 At sa ilang panahon ay umayaw ang
hukom, ngunit pagkatapos ng mga ito ay sinabi niya sa
kaniyang sarili, 'Bagaman ako ay hindi natatakot sa Diyos
at wala akong iginagalang na tao, 5 dahil tiyak na ako ay

gagambalain ng babaing balong ito, siya ay ipaghihiganti
ko upang ako ay hindi niya papagurin sa kaniyang
patuloy na pagparito.' "
6 At sinabi ng Panginoon, "Pakinggan ninyo kung ano
ang sinasabi ng di-makatarungang hukom. 7 At hindi
ba ipaghihiganti ng Diyos ang kaniyang mga pinili
na dumaraing sa kaniya araw at gabi, at hindi ba siya
ang nagtitiyaga sa kanila? 8 Sinasabi ko sa inyo na sila
ay kaagad niyang ipaghihiganti. Magkagayunman, sa
pagdating ng Anak ng Tao, siya kaya ay makakatagpo ng
pananampalataya sa lupa?"

Ang Talinghaga sa Fariseo at Maniningil ng Buwis

9 At sinabi rin ni Jesus ang talinghagang ito sa kanila
na nagtiwala sa kanilang sarili na sila ay matuwid at ang
iba ay hinahamak nila. 10 "Dalawang lalaki ang umahon
sa templo upang manalangin. Ang isa ay Fariseo at ang
isa ay maniningil ng buwis. 11 Tumayo ang Fariseo at
nanalangin siya sa kaniyang sarili ng ganito, 'Diyos,
nagpapasalamat ako sa iyo na hindi ako katulad ng ibang
tao na mga mapangamkam, mga hindi matuwid at mga
mangangalunya. At hindi rin ako katulad ng maniningil
ng buwis na ito. 12 Ako ay dalawang ulit na nag-aayuno
sa isang linggo. Ako ay nagbibigay ng ikapu sa lahat ng
anumang aking kinikita.' 13 Ngunit ang maniningil ng
buwis na nakatayo sa malayo ay hindi man niya ninanais
na itaas ang kaniyang paningin sa langit, sa halip ay
kaniyang dinadagukan ang kaniyang dibdib na nagsasabi,
'Diyos, kahabagan mo ako na isang makasalanan.'
14 Sinasabi ko sa inyo, ang taong ito ay umuwi sa
kaniyang bahay na pinawalang-sala kaysa sa isang iyon,
dahil ang bawat isang nagtataas ng kaniyang sarili ay
ibababa at ang bawat isang nagpapakumbaba ay itataas."

18:7 Pah 6:10
18:8 Mat 8:20; 16:27
18:10 Gaw 3:1
18:11 Mat 6:5; Mar 11:25
18:12 Mat 9:14
18:13 1Ti 1:15
18:14 Mat 23:12
18:17 Mat 11:25

Si Jesus at ang mga Sanggol

Mat 19:13-15; Mar 10:13-16

15 At dinala rin nila sa kaniya ang mga sanggol upang
sila ay mahawakan niya. Ngunit nang nakita ito ng mga
alagad, sila ay kanilang sinaway. 16 Ngunit tinawag sila
ni Jesus sa kaniya at sinabi, "Hayaan ninyong lumapit sa
akin ang maliliit na bata at huwag ninyo silang pigilan
sapagkat ang paghahari ng Diyos ay para sa mga katulad
nila. 17 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang sinumang
hindi tatanggap sa paghahari ng Diyos katulad ng isang
maliit na bata ay hinding-hindi makakapasok doon."

Ang Mayamang Pinuno

Mat 19:16-30; Mar 10:17-31

18 At isang pinuno ang nagtanong sa kaniya, na sinasabi,
"Mabuting Guro, ano ang dapat kong gawin upang ako ay
magmamana ng buhay na walang hanggan?"
19 At sinabi ni Jesus sa kaniya, "Bakit mo sinasabing ako ay
mabuti? Walang sinumang mabuti maliban sa isa, ang Diyos.
20 Alam mo na ang mga utos: 'Huwag kang mangangalunya.'
'Huwag kang papatay.' 'Huwag kang magnanakaw.' 'Huwag
kang magbibigay ng maling patotoo.' 'Igalang mo ang iyong
ama at ang iyong ina.' "

Exo 20:12-16; Deu 5:16-20

21 Sinabi niya, "Ang lahat ng mga bagay na ito ay sinunod ko
mula pa sa aking pagkabata."
22 Ngunit nang narinig ni Jesus ang mga bagay na ito, sinabi
niya sa kaniya, "Isang bagay pa ang kulang sa iyo. Ipagbili mo
ang lahat ng pag-aari mo gaano man ito karami at ipamahagi
mo sa mga dukha at ikaw ay magkakaroon ng kayamanan sa
langit. Halika, sumunod ka sa akin."
23 Kaya nang narinig niya ang mga bagay na ito, siya ay
lubhang nagdalamhati sapagkat napakayaman niya.
24 Nang nakita ni Jesus na siya ay lubhang nagdalamhati,
kaniyang sinabi, "Sila na may maraming kayamanan ay
mahihirapang pumasok sa paghahari ng Diyos, **25** sapagkat mas
madali pa sa kamelyo♦ na dumaan sa butas ng isang karayom
kaysa sa lalaking mayaman na pumasok sa paghahari ng
Diyos."
26 At sila na nakarinig nito ay nagsabi, "Sino kung gayon ang
maililigtas?"
27 Ngunit sinabi ni Jesus, "Ang mga bagay na hindi
magagawa ng tao ay magagawa ng Diyos."
28 Kaya sinabi ni Pedro, "Narito, iniwan namin ang lahat at
sumunod sa iyo."
29 Sinabi niya sa kanila, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo,
walang sinumang nag-iwan ng bahay, o mga magulang, o
mga kapatid, o asawang babae, o mga anak alang-alang sa
paghahari ng Diyos **30** ang hindi makakatanggap ng sagana sa
kapanahunang ito, at sa buhay na walang hanggan sa darating
na kapanahunan."

18:20 Rom 13:9
18:22 Mat 6:20; Gaw 2:45
18:27 Mat 19:26
18:28 Mat 4:19
18:30 Mat 12:32; 25:46
18:31 Mat 8:20

Binanggit Muli ang Kamatayan ni Jesus

Mat 20:17-19; Mar 10:32-34

31 At isinama ni Jesus ang labindalawa at sinabi niya sa
kanila, "Narito, tayo ay aahon sa Jerusalem at ang lahat ng mga
bagay na nasusulat sa pamamagitan ng mga propeta patungkol

sa Anak ng Tao ay magaganap 32sapagkat siya ay ipagkakanulo
sa mga Gentil at kukutyain, aalipustain at duduraan. 33At
pagkatapos siyang hagupitin, siya ay kanilang papatayin, ngunit
sa ikatlong araw siya ay babangon."
34At wala silang naunawaan sa mga bagay na ito. At
ang pananalitang ito ay itinago mula sa kanila at hindi nila
nalalaman ang mga bagay na sinasabi.

Nakakita ang Bulag

Mat 20:29-34; Mar 10:46-52

35At nangyari, na habang siya ay papalapit sa Jerico ay may
isang lalaking bulag na nagpapalimos na nakaupo sa tabi ng
daan. 36Nang narinig niya ang maraming taong dumadaan,
tinanong niya kung ano kaya ito. 37At ibinalita nila sa kaniya na
si Jesus na taga-Nazaret ay dumadaan. 38Kaya siya ay sumigaw
na sinasabi, "Jesus, Anak ni David, kahabagan mo ako."
39At sila na mga nauuna ay sinaway siya upang siya ay
manahimik, ngunit lalung-lalo pa siyang sumigaw, "Anak ni
David, kahabagan mo ako."
40At nang tumigil si Jesus ay iniutos niya na dalhin siya sa
kaniya. At nang lumapit ang bulag, siya ay tinanong ni Jesus
41na sinasabi, "Ano ang ibig mong gawin ko sa iyo?"
At sinabi niya, "Panginoon, ibig kong makakita." 42Kaya
sinabi ni Jesus sa kaniya, "Tanggapin mo ang iyong paningin.
Pinagaling ka na ng iyong pananampalataya." 43At siya ay
nakakita kaagad at sumunod sa kaniya na niluluwalhati ang
Diyos, at ang lahat ng mga taong nakakita ay nagbigay ng
papuri sa Diyos.

18:32 Mat 16:21; Gaw 2:23
18:33 Mat 16:21
18:34 Mar 9:32
18:38 Mat 9:27; 17:15
18:42 Mat 9:22
18:43 Mat 9:8
19:7 Mat 9:11

Si Zaqueo na Maniningil ng Buwis

19 Si Jesus ay pumasok at dumaan sa Jerico. 2Narito, may
isang lalaking tinatawag na Zaqueo. Siya ang punong
maniningil ng buwis at siya ay mayaman. 3At hinahangad
niyang makita kung sino si Jesus, ngunit hindi niya ito magawa
dahil sa napakaraming tao, sapagkat siya ay hindi matangkad.
4Kaya siya ay tumakbo sa unahan at umakyat sa puno ng
sikamoro♦ upang makita niya si Jesus sapagkat si Jesus ay
papadaan sa daang iyon. 5At nang si Jesus ay dumating sa
dakong iyon, siya ay tumingala at nakita niya si Zaqueo at
sinabi sa kaniya, "Zaqueo, magmadali kang bumaba sapagkat
sa araw na ito ay kinakailangang ako ay manatili sa iyong
bahay." 6Kaya siya ay nagmadaling bumaba at nagagalak
niyang tinanggap si Jesus. 7At nang nakita nila ito, silang lahat
ay nagbulung-bulungan na sinasabi, "Siya ay pumasok upang
manunuluyan kasama ng makasalanang lalaki."

8 At si Zaqueo ay tumayo at sinabi sa Panginoon,
"Panginoon, narito, ang kalahati ng aking mga tinatangkilik ay
ibinibigay ko sa mga dukha, at kung ako ay kumuha ng anuman
sa sinuman sa pamamagitan ng maling pagparatang ay ibabalik
ko sa kaniya nang makaapat na ulit."
9 At sinabi ni Jesus sa kaniya, "Sa araw na ito, ang kaligtasan
ay dumating sa tahanang ito yamang siya rin ay anak ni
Abraham, 10 sapagkat ang Anak ng Tao ay pumarito upang
hanapin at iligtas ang napahamak."

Ang Talinghaga Patungkol sa Sampung Mina

11 Habang pinapakinggan nila ang mga bagay na ito,
idinagdag ni Jesus at sinabi ang isang talinghaga sapagkat
malapit na siya sa Jerusalem at inaakala nila na ang paghahari
ng Diyos ay mahahayag na kaagad. 12 Kaya sinabi niya, "Ang
isang lalaking maharlika ay pumunta sa malayong lupain upang
tanggapin sa kaniyang sarili ang isang paghahari, at bumalik.
13 At nang tinawag niya ang kaniyang sampung alipin, sila ay
binigyan niya ng sampung mina° at sinabi sa kanila, 'Maging
abala kayo hanggang sa pagdating ko.' 14 Ngunit ang kaniyang
mga mamamayan ay namumuhi sa kaniya. At nagsugo sila sa
kaniya ng isang kinatawan na nagsasabi, 'Ayaw namin na ang
lalaking ito ay maghari sa amin.'
15 "At nangyari, na sa kaniyang pagbabalik nang natanggap
niya ang paghahari ay nagsabi siya na tawagin papunta sa
kaniya ang mga alipin na binigyan niya ng salapi upang
malaman niya kung ano ang pinagkaabalahan ng bawat isa.
16 At dumating ang una na sinasabi, 'Panginoon, ang iyong
mina ay kumita ng sampung mina.' 17 Sinabi niya sa kaniya,
'Magaling na alipin, mabuti ang iyong ginawa. Dahil naging
matapat ka sa pinakamaliit, magkaroon ka ng kapamahalaan sa
sampung lungsod.' 18 Dumating din ang pangalawa na sinasabi,
'Panginoon, ang iyong mina ay kumita ng limang mina.' 19 At
sinabi rin niya sa isang ito, 'At ikaw ay maging gayon sa limang
lungsod.'
20 "Dumating naman ang isa na nagsasabi, 'Panginoon,
narito, nandito ang iyong mina na itinatago ko sa panyo
21 sapagkat ako ay natatakot sa iyo dahil ikaw ay isang malupit
na tao. Kinukuha mo ang hindi mo inilagay at inaani mo ang
hindi mo inihasik.' 22 Kaya sinabi niya sa kaniya, 'Masamang
alipin, hahatulan kita mula sa iyong bibig, alam mo na ako
ay isang malupit na tao na kumukuha ng hindi ko inilagay at
inaani ko ang hindi ko inihasik, 23 bakit hindi mo inilagak sa
bangko ang aking salapi at sa pagdating ko ay makuha ko ito
kasama ang anumang tinubo nito?'

19:10 Jua 3:17
19:11 Mat 3:2; Gaw 1:6
19:13 Mar 13:34
19:21 Mat 25:24
19:22 Mat 25:26

24 "At sa kanila na nakatayo ay kaniyang sinabi, 'Kunin
ninyo sa kaniya ang mina at ibigay ninyo ito sa kaniya na may
sampung mina.' 25 (Sinabi nila sa kaniya, 'Panginoon, siya ay
mayroon ng sampung mina.') 26 'Sapagkat sinasabi ko sa inyo
na sa bawat isang mayroon ay bibigyan at sa kaniya na wala,
kahit ang nasa kaniya ay kukunin mula sa kaniya. 27 Subalit
sila na aking mga kaaway na ayaw akong maghari sa kanila ay
dalhin ninyo rito at patayin ninyo sila sa aking harapan.' "

Pumasok si Jesus sa Jerusalem

Mat 21:1-11; Mar 11:1-11; Jua 12:12-19

28 At pagkasabi niya ng mga bagay na ito, siya ay naunang
umahon sa Jerusalem. 29 At nangyari, na habang siya ay
papalapit sa Betfage at Betania, patungo sa bundok na
tinatawag na Bundok ng mga Olibo, sinugo niya ang dalawa sa
kaniyang mga alagad, 30 na sinasabi, "Pumunta kayo sa nayon
na nasa unahan ninyo. At pagpasok ninyo roon ay matatagpuan
ninyo ang isang bisiro na nakatali na hindi pa nasasakyan ng
sinumang tao. Kalagan ninyo iyon at dalhin dito. 31 At kapag
may magtatanong sa inyo, 'Bakit ninyo siya kinalagan?'
Ganito ang sasabihin ninyo sa kaniya, 'Dahil kailangan ito ng
Panginoon.' "

19:26 Mat 25:29
19:28 Mar 10:32
19:29 Mat 21:17
19:37 Mat 21:1
19:39 Mat 21:15-16

32 Kaya nang nakaalis ang mga sinugo, natagpuan nila ang
ayon sa kaniyang sinabi sa kanila. 33 At habang kinakalagan nila
ang bisiro, ang mga may-ari nito ay nagsabi sa kanila, "Bakit
ninyo kinakalagan ang bisiro?"

34 At sinabi nila, "Kailangan ito ng Panginoon." 35 At inakay
nila ang bisiro patungo kay Jesus at ipinatong nila ng kanilang
mga damit sa batang asno at pinasakay nila si Jesus. 36 At
habang siya ay humahayo, inilalatag nila ang kanilang mga
damit sa daan.

37 Ngunit nang siya ay papalapit na sa paanan ng bundok ng
mga Olibo, ang lahat ng napakaraming alagad ay nagsimulang
magalak na nagpupuri sa Diyos sa pamamagitan ng malakas na
tinig dahil sa lahat ng mga makapangyarihang gawa na nakita
nila, 38 na sinasabi, " 'Papuri sa hari na dumarating sa pangalan
ng Panginoon!'

Awi 118:26

Kapayapaan sa langit at kaluwalhatian sa kataas-taasan!"

39 At ang ilan sa mga Fariseong mula sa napakaraming tao ay
nagsabi sa kaniya, "Guro, sawayin mo ang iyong mga alagad."

40 At siya ay sumagot na sinasabi sa kanila, "Sinasabi ko sa
inyo na kapag ang mga ito ay mapapatahimik, ang mga bato ay
sisigaw."

41 Nang siya ay nakalapit at nakita ang lungsod, ito ay

tinangisan niya 42na sinasabi, “At ikaw Jerusalem, kung
nalaman mo, ikaw mismo, kahit man lang sa araw mong ito
ang mga bagay na para sa iyong kapayapaan. Ngunit ngayon
sila ay itinago sa iyong mga paningin 43sapagkat darating
sa iyo ang mga araw na ang mga kaaway mo ay maglalagay
ng pangharang na lupa sa palibot mo. Papalibutan ka nila at
kukubkubin ka nila sa bawat panig. 44At ikaw ay papataging
kapantay ng lupa kasama ng iyong mga anak, at wala silang
iiwanang bato na nakapatong sa isang bato sapagkat hindi mo
kinilala ang panahon ng pagdalaw sa iyo.”

Nilinis ni Jesus ang Templo

Mat 21:12-17; Mar 11:15-18

45At nang siya ay pumasok sa templo, sinimulan niyang
itaboy ang mga nagtitinda at namimili roon. 46Sinabi niya sa
kanila, “Nasusulat,

‘Ang aking bahay ay bahay-dalanginan’

Isa 56:7

ngunit ginawa ninyo itong

‘yungib ng mga tulisan.’ ”

Jer 7:11

47At si Jesus ay nagtuturo araw-araw sa templo, ngunit ang
mga punong saserdote, ang mga eskriba at ang mga pinuno
ng mga tao ay naghahanap ng paraan upang siya ay patayin.
48Subalit hindi pa nila nakikita kung ano ang maari nilang
gawin dahil ang lahat ng tao ay nakatuong nakikinig sa
kaniya.

19:44
1Pe 2:12
19:47
Mat 12:14;
26:55;
Mar 11:18
20:1
Mat 26:55
20:2
Jua 2:18;
Gaw 4:7
20:4
Mar 1:4
20:6
Mat 11:9

Ang Kapamahalaan ni Jesus

Mat 21:23-27; Mar 11:27-33

20 At nangyari sa isa sa mga araw na iyon, habang si
Jesus ay nagtuturo sa mga tao sa templo at habang
ipinangangaral ang ebanghelyo, lumusob sa kaniya ang mga
punong saserdote at mga eskriba kasama ang matatanda. 2At
sila ay nagsalita sa kaniya na sinasabi, “Sabihin mo sa amin
kung sa anong kapamahalaan ginagawa mo ang mga bagay na
ito, o kung sino ang nagbigay sa iyo ng kapamahalaang ito?”

3At siya ay sumagot sa kanila na sinabi, “Ako naman ang
magtatanong sa inyo ng isang bagay at sabihin ninyo sa akin,
4Ang bawtismo ni Juan, ito ba ay mula sa langit o mula sa mga
tao?”

5Sila rin ay nagtalu-talo sa isa't isa na sinasabi, “Kapag
sasabihin natin, ‘Mula sa langit,’ sasabihin niya, ‘Kung
gayon, bakit hindi kayo naniwala sa kaniya?’ 6Ngunit kapag
sasabihin natin, ‘Mula sa mga tao,’ babatuhin tayo ng lahat

ng tao sapagkat sila ay nakakatiyak na si Juan ay isang propeta." 7 At sila ay sumagot na hindi nila alam kung saan ito nagmula.

8 At sinabi ni Jesus sa kanila, "Kahit ako ay hindi ko sasabihin kung sa anong kapamahalaan ginagawa ko ang mga bagay na ito."

Ang Talinghaga ng mga Magsasaka

Mat 21:33-46; Mar 12:1-12

9 At siya ay nagsimula upang sabihin sa mga tao ang talinghagang ito. "Ang isang lalaking ito ay nagtanim ng ubasan at kaniyang ipinaupahan ito sa mga magsasaka, at siya ay pumunta sa ibang bansa sa mahabang panahon. 10 At sa takdang panahon ay isinugo niya ang isang alipin sa mga magsasaka upang ang bunga ng ubasan ay maibigay sa kaniya, ngunit pagkahagupit sa kaniya ng mga magsasaka, siya ay pinaalis na walang dala. 11 At siya ay nagsugo muli ng iba pang alipin, ngunit ang isang iyon ay hinagupit din nila at pagkatapos siyang ipahiya, siya ay pinaalis na walang dala. 12 At muli niyang isinugo ang pangatlo, ngunit pagkatapos nilang sugatan ang isang ito, siya ay itinaboy palabas.

20:9 Mat 25:14
20:13 Mat 3:17
20:17 Gaw 4:11
20:19 Mar 11:18

13 "Kaya sinabi ng panginoon ng ubasan, 'Ano ang maari kong gawin? Susuguin ko ang minamahal kong anak na lalaki. Marahil siya ay kanilang igagalang kapag siya ay kanilang makita.' 14 Ngunit nang siya ay nakita ng mga magsasaka, sila ay nagbigay-katuwiran sa kanilang mga sarili na sinasabi, 'Ito ang tagapagmana. Halikayo, papatayin natin siya upang mapasaatin ang mana.' 15 At nang siya ay kanilang naitaboy palabas sa ubasan, siya ay kanilang pinatay. Kaya ano ang gagawin sa kanila ng panginoon ng ubasan? 16 Siya ay darating at papatayin ang mga magsasakang ito at ibibigay ang ubasan sa iba."

At nang narinig nila ito ay kanilang sinabi, "Huwag nawang mangyari."

17 At sila ay kaniyang tiningnan at sinabi, "Ano nga itong nasusulat, 'Ang batong ito na tinanggihan ng mga tagapagtayo, ito ay naging ulo ng panulok'?

Awi 118:22

18 Ang bawat isang babagsak sa batong iyon ay magkakapira-piraso, ngunit ang sinumang mabagsakan nito ay magkakadurug-durog."

19 At ang mga punong saserdote at mga eskriba ay naghanap ng paraan upang siya ay sunggaban sa oras na iyon, ngunit sila ay natakot sa mga tao sapagkat alam nila na sinabi ni Jesus ang talinghagang ito laban sa kanila.

Ang Pagbabayad ng Buwis kay Cesar

Mat 22:15-22; Mar 12:13-17

20 At siya ay kanilang minatyagan at sila ay nagsugo ng mga
espiya na nagpapakunwaring mga matuwid sa kanilang sarili,
upang siya ay maipahuli nila sa kaniyang pananalita at siya ay
maibigay sa pamunuan at kapamahalaan ng gobernador.
21 Kaya siya ay kanilang tinanong na sinasabi, "Guro,
alam naming ikaw ay nagsasalita at nagtuturo ng tama, at
ikaw ay hindi nagtatangi ng sinuman, ngunit sa katotohanan
ay itinuturo mo ang daan ng Diyos. **22** Ipinapahintulot ba sa
Kautusan na kami ay magbigay ng buwis kay Cesar♦ o hindi?"
23 Ngunit nang nalaman niya ang kanilang katusuhan, sinabi
niya sa kanila, "Bakit ninyo ako sinusubok? **24** Ipakita ninyo sa
akin ang isang denaryo°. Kaninong anyo at sulat ang nakatatak
dito?"
At sila ay sumagot, "Kay Cesar."
25 Kaya sinabi niya sa kanila, "Ibigay nga ninyo kay Cesar
ang mga bagay na nauukol kay Cesar at ibigay ninyo sa Diyos
ang mga bagay na nauukol sa Diyos."
26 At siya ay hindi nila nagawang hulihin sa kaniyang salita
sa harap ng mga tao at sila ay namangha sa kaniyang sagot kaya
sila ay tumahimik.

20:20 Mat 12:10; 27:2
20:21 Jua 3:2
20:25 Rom 13:7
20:27 Gaw 4:1; 23:8; 1Co 15:12
20:35 Mat 12:32
20:36 Jua 1:12

Ang Muling Pagkabuhay at ang Pag-aasawa

Mat 22:23-33; Mar 12:18-27

27 At nang pumunta sa kaniya ang ilan sa mga Saduseo♦, na
tumatangging mayroong muling pagkabuhay, sila ay nagtanong
sa kaniya **28** na sinasabi, "Guro, si Moises ay sumulat sa amin na
kapag mamatay ang kapatid na may asawang babae at siya ay
mamatay na walang anak, dapat kunin ng kapatid niyang lalaki
ang asawang babae upang magkaanak para sa kaniyang kapatid
na namatay. **29** Mayroon ngang pitong magkakapatid na lalaki
at ang panganay ay nag-asawa ngunit namatay na walang anak.
30 At ang asawang babae ay kinuha ng pangalawa at ang lalaki
ay namatay na walang anak. **31** Ang asawang babae ay kinuha
ng pangatlo at hanggang sa pampito ay gayundin ang nangyari.
At sila ay walang iniwang anak at sila ay namatay. **32** Sa kahuli-
hulihan ay namatay rin ang babae. **33** Kung magkagayon,
sa muling pagkabuhay, sino sa kanila ang asawa ng babae
sapagkat pito ang naging asawa niya?"
34 At sumagot si Jesus na sinabi sa kanila, "Ang mga
anak ng kapanahunang ito ay nag-aasawa at pinapag-asawa.
35 Ngunit sila na ibinilang na karapat-dapat na magtamo ng
kapanahunang iyon at ng muling pagkabuhay mula sa mga
patay ay hindi nag-aasawa, ni pinapag-asawa, **36** dahil sila ay

hindi na mamamatay sapagkat sila ay katulad ng mga anghel
at sila ay mga anak ng Diyos, bilang mga anak ng muling
pagkabuhay. 37Ngunit kahit si Moises ay inihayag ito roon sa
mababang puno na ang mga patay ay ibinabangon nang tawagin
niya ang Panginoon na 'Diyos ni Abraham, Diyos ni Isaac at
Diyos ni Jacob'
Exo 3:6, 15
38sapagkat ang Diyos ay hindi Diyos ng mga patay kundi Diyos
ng mga buhay dahil ang lahat ay nabubuhay sa kaniya."
39At sumagot ang ilan sa mga eskriba at sinabi, "Guro,
mahusay ang pagkasabi mo." 40At sila ay hindi na naglakas-
loob na magtanong sa kaniya ng anuman.

Kaninong Anak ang Mesiyas?

Mat 22:41-45; Mar 12:35-39

41At sinabi niya sa kanila, "Papaano nilang sinasabi na ang
Cristo ay anak ni David? 42At si David mismo ang nagsabi sa
aklat ng mga awit, 'Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon,
"Maupo ka sa bahaging kanan ko 43hanggang sa mailagay ko
ang iyong mga kaaway na tuntungan ng iyong mga paa." '
Awi 110:1
44At siya ay tinatawag ni David na 'Panginoon.' Kaya paanong
si Cristo ay kaniyang anak?"

20:40 Mat 22:46; Mar 12:34
20:41 Mat 1:1
20:43 Mat 22:44
21:1 Mat 27:6; Jua 8:20
21:4 2Co 8:12

Mag-ingat sa mga Mapagpaimbabaw

45Kaya nang narinig ito ng lahat ng tao, sinabi niya sa
kaniyang mga alagad, 46"Mag-ingat kayo sa mga eskriba
na nagnanais na maglakad na may mga mahabang kasuotan
at nagugustuhan nila ang mga pagbati ng mga tao sa mga
pamilihan at ang mga pangunahing upuan sa mga sinagoga
at ang mga pangunahing dako sa mga hapunan. 47Sila
ang lumalamon ng mga bahay ng mga babaing balo at sa
pagkukunwari, sila ay nananalangin ng mahaba. Ang mga ito
ay tatanggap ng labis-labis na kahatulan."

Ang Handog ng Babaing Balo

Mar 12:41-44

21 At nang tumingala si Jesus, nakita niya ang mga
mayaman na naghuhulog ng kanilang mga kaloob
sa kaban ng yaman. 2At nakita rin niya ang isang dukhang
babaing balo na naghuhulog doon ng dalawang lepta°. 3At
sinabi niya, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo na ang dukhang
babaing balong ito ay naghulog ng higit kaysa sa lahat
4sapagkat ang lahat ng mayayamang ito ay naghulog ng mga
kaloob sa Diyos mula sa kanilang kasaganaan, ngunit mula sa

karukhaan ng isang ito ay inihulog niya ang kaniyang buong kabuhayan."

Mga Tanda sa Huling Panahon

Mat 24:1-35; Mar 13:1-31

5At habang ang ilan ay nagsasabi patungkol sa templo,
na ito ay pinalamutian na ng mga magagandang bato at mga
ipinangakong kaloob, sinabi ni Jesus, **6**"Darating ang mga araw,
na sa mga bagay na inyong nakikita ay walang maiiwanang
bato na nakapatong sa bato na hindi mawawasak."

7At siya ay tinanong nila na sinasabi, "Guro, kailan nga
mangyayari ang mga bagay na ito? Ano ang mga tanda na ang
mga bagay na ito ay malapit nang mangyari?"

8Ngunit sinabi niya, "Mag-ingat kayo na hindi kayo
maililigaw sapagkat marami ang darating sa aking pangalan
na nagsasabi, 'Ako ang Cristo' at 'ang panahon ay malapit na.'
Huwag nga kayong sumunod sa kanila. **9**Ngunit kapag kayo
ay makarinig ng mga digmaan at kaguluhan, huwag kayong
matatakot sapagkat ang mga bagay na ito ay kinakailangan
munang mangyari. Subalit ang wakas ay hindi kaagad
mangyayari."

10Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila, "Ang bansa ay
babangon laban sa bansa at ang kaharian laban sa kaharian.
11Magkakaroon ng malakas na mga lindol sa iba't ibang dako,
mga taggutom, mga salot, mga nakakatakot na pangyayari at
dakilang mga tanda mula sa langit. **12**Ngunit bago mangyari
ang lahat ng mga ito, kayo ay susunggaban at kayo ay
pagmamalupitan nila sa pagdadala sa inyo sa mga sinagoga at
sa mga bilangguan at sa pagdadala sa inyo sa mga hari at mga
gobernador dahil sa aking pangalan. **13**Ngunit ito ay magiging
patotoo♦ para sa inyo. **14**Kaya panatilihin ninyo sa inyong mga
puso na huwag ninyong pag-iisipan ang pagtatanggol sa inyong
sarili **15**sapagkat ako ay magbibigay sa inyo ng pananalita at
karunungan na hindi mapapasinungalingan, ni matatanggihan
ng lahat ng mga kumakalaban sa inyo. **16**At kayo rin ay
ipagkakanulo ng mga magulang, ng mga kapatid na lalaki, ng
mga kamag-anak at ng mga kaibigan. At ang ilan sa inyo ay
kanilang papatayin. **17**At kayo ay kamumuhian ng lahat nang
dahil sa aking pangalan. **18**Ngunit ang buhok sa inyong ulo ay
hinding-hindi mawawala. **19**Angkinin ninyo ang inyong buhay
sa inyong pagtitiis.

20"At kapag makita ninyo na ang Jerusalem ay napapalibutan
ng mga hukbo, alamin ninyo sa oras na iyon na ang kaniyang
kapanglawan ay malapit na. **21**At sa oras na iyon, sila na nasa
Judea ay hayaang tumakas patungo sa mga bundok at sila na

21:13 Flp 1:12
21:17 Jua 15:21
21:18 Mat 10:30
21:19 Mat 10:22

nasa kalagitnaan nito ay hayaan nang lumabas at sila na nasa
mga lupain ay huwag nang hayaang pumasok dito 22sapagkat
sa mga araw na ito ng paghihiganti ay magaganap ang lahat
ng mga bagay na nasusulat. 23Ngunit sa aba niyaong mga
nagdadalang-tao at sa kanila na mga nagpapasuso sa mga
araw na iyon sapagkat magkakaroon ng malaking kaguluhan
sa lupa at poot sa bayang ito. 24At sila ay babagsak sa talim ng
tabak at ipapadalang mga bihag sa lahat ng mga bansa. At ang
Jerusalem ay yuyurakan ng mga Gentil hanggang sa maganap
ang kapanahunan ng mga Gentil.

25"At magkakaroon ng mga tanda sa araw at sa buwan at
sa mga bituin, at sa lupa ay kahapisan ng mga bansa na may
pagkalito at ng malakas na ugong ng dagat at ng alon 26habang
ang mga tao ay panghihinaan ng loob dahil sa takot at sa
pangamba sa mga darating sa buong sanlibutan sapagkat ang
kapangyarihan ng kalangitan ay mayayanig. 27At pagkatapos
ay makikita nila ang Anak ng Tao na dumarating sa ulap na
may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. 28Ngunit kapag
magsimula nang mangyari ang mga bagay na ito, tumindig
kayo at itingala ninyo ang inyong mga ulo sapagkat ang inyong
katubusan ay nalalapit na."

29Si Jesus ay nagsalita ng isang talinghaga sa kanila,
"Masdan ninyo ang puno ng igos at ang lahat ng mga
punongkahoy. 30Kapag sila ay sumibol na, makikita ninyo
at malalaman ninyo mismo na ang tag-init ay malapit na.
31Gayundin naman kayo, kapag makita ninyo ang mga bagay
na ito na nangyayari, alamin ninyo na ang paghahari ng Diyos
ay malapit na. 32Katotohanang sinasabi ko sa inyo, kailanman
ay hindi lilipas ang lahing ito hanggang sa maganap ang lahat.

21:22 Mat 1:22
21:24 Pah 11:2
21:25 2Pe 3:10,12
21:26 Mat 24:29
21:27 Mat 26:44; Pah 1:7
21:31 Mat 3:2
21:33 Mat 5:18
21:34 Mar 4:19; 1Te 5:2-7
21:36 Mat 26:41
21:37 Mat 21:1; 26:55; Mar 11:19

Ang Katuparan ng Kautusan

33"Ang langit at lupa ay lilipas, ngunit ang aking mga salita
ay hindi lilipas kailanman.

34"Ngunit ingatan ninyo ang inyong mga sarili baka sa
anumang oras ay bumigat ang inyong mga puso sa labis na
kabusugan, kalasingan at pagkabalisa sa buhay na ito. At
madatnan kayo ng Araw na iyon na hindi ninyo namamalayan,
35sapagkat katulad sa bitag, ito ay darating sa kanilang lahat
na nananahan sa buong sanlibutan. 36Kaya magbantay kayo
na sa bawat panahon ay nananalangin, upang kayo ay maging
karapat-dapat na makaligtas sa lahat ng mga bagay na ito na
malapit ng mangyari, at upang kayo ay makatayo sa harapan ng
Anak ng Tao."

37Sa araw, si Jesus ay nagtuturo sa templo, ngunit sa gabi,
siya ay lumalabas at nanatili sa bundok na tinatawag na bundok

ng mga Olibo. 38 At ang lahat ng tao ay maagang pumupunta sa
kaniya sa templo upang makinig.

Ipinagkanulo ni Judas si Jesus

Mat 26:14-16; Mar 14:10-11

22 At nalalapit na ang Pista ng Tinapay na Walang
Pampaalsa, na ito ay tinatawag na Paglagpas♦. 2 At ang
mga punong saserdote at mga eskriba ay naghahanap ng paraan
kung paano nila maipapatay si Jesus sapagkat sila ay natatakot
sa mga tao.

3 At pumasok si Satanas kay Judas na tinatawag na taga-
Keriot, na kabilang sa labindalawa. 4 At sa kaniyang pag-alis,
siya ay nakipag-usap sa mga punong saserdote at sa mga
kapitan kung paano niya maipagkakanulo si Jesus sa kanila.
5 At sila ay nagalak at nagkasundo na bigyan siya ng salapi.
6 Kaya siya ay naghayag at naghahanap ng pagkakataong
maipagkanulo si Jesus sa kanila na hindi kaharap ang
napakaraming tao.

Ang Huling Hapunan

Mat 26:17-30; Mar 14:12-31; 1Co 11:23-26

7 Ngunit dumating ang araw ng Tinapay na Walang
Pampaalsa, kung kailan kinakailangang katayin ang handog
para sa Paglagpas. 8 Kaya isinugo ni Jesus si Pedro at si Juan,
na sinasabi, "Umalis kayo at ihanda ninyo ang hapunan ng
Paglagpas para sa atin upang tayo ay makakain."

9 At sinabi nila sa kaniya, "Saan mo ninanais na kami ay
makapaghanda?"

10 At sinabi niya sa kanila, "Narito, kapag kayo ay
makapasok sa lungsod, makakasalubong ninyo ang isang
lalaking may dalang banga ng tubig. Sumunod kayo sa kaniya
sa bahay na kaniyang papasukan. 11 At sasabihin ninyo sa may-
ari ng bahay, 'Ang Guro ay nagsasabi sa iyo, "Saan ang silid-
pampanauhin kung saan ako ay maaring kumain ng hapunan
ng Paglagpas kasama ng aking mga alagad?" ' 12 At ipapakita sa
inyo ng lalaking iyon ang isang malaking silid sa itaas na may
nakaayos na kagamitan. Maghanda kayo roon."

13 At nang sila ay nakaalis, kanilang natagpuan ito katulad ng
kaniyang sinabi sa kanila, at sila ay naghanda ng hapunan ng
Paglagpas.

14 At nang dumating ang oras, si Jesus ay dumulog sa hapag
at ang labindalawang apostol ay kasama niya. 15 At sinabi niya
sa kanila, "Buong paghahangad kong hinangad na kumain
ng hapunang ito ng Paglagpas na kasama kayo bago sa aking
paghihirap 16 sapagkat sinasabi ko sa inyo na hindi na ako

21:38
Jua 8:2
22:1
Jua 11:55
22:2
Mat 12:14
22:3
Mat 4:10; 10:4
22:4
Gaw 4:1
22:7
Mar 14:12
22:8
Gaw 3:1,11
22:14
Mat 26:20; Mar 6:30; 14:17-18
22:15
Mat 16:21

kakain nito kailanman hanggang sa maganap ito sa kaharian ng Diyos."

17 Kaya pagkatanggap niya ng saro, siya ay nagpasalamat at sinabi, "Kunin ninyo ito at paghati-hatian ninyo ito **18** sapagkat sinasabi ko sa inyo na hindi na ako iinom mula sa bunga ng ubas kailanman hanggang sa dumating ang kaharian ng Diyos."

19 At pagkakuha niya ng tinapay, siya ay nagpasalamat at pinagputul-putol ito at ibinigay sa kanila na sinasabi, "Ito ang aking katawan na ibinigay alang-alang sa inyo. Gawin ninyo ito sa pag-alaala sa akin."

20 Sa gayunding paraan, kinuha niya ang saro pagkatapos na makapaghapunan, at sinabi, "Ang sarong ito ay ang bagong tipan♦ sa aking dugo na ibinuhos alang-alang sa inyo. **21** Subalit, narito, ang kamay niyaong magkakanulo sa akin ay kasama ko sa hapag. **22** At tunay na ang Anak ng Tao ay humahayo ayon sa nakatakda na, ngunit kaabahan sa taong iyon na sa pamamagitan niya ay ipagkakanulo ang Anak ng Tao."

23 At sila ay nagsimulang magtanong sa isa't isa kung sino kaya sa kanila ang maaaring gumawa ng bagay na ito.

24 At nagkaroon din ng alitan sa kanila kung sino sa kanila ang itinuturing na pinakadakila. **25** Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, "Ang mga hari ng mga Gentil ay namumuno na may pagkapanginoon sa kanila at sila na namamahala sa kanila ay tinatawag na 'tagapagpala.' **26** Ngunit huwag kayong maging gayon. Sa halip, siya na pinakadakila sa inyo ay hayaan siyang maging katulad sa nakababata at siya na tagapanguna ay katulad sa kaniya na naglilingkod, **27** sapagkat sino nga ba ang higit na dakila, siya ba na nakadulog sa hapag o siya na naglilingkod? Hindi ba siya na nakadulog sa hapag? Ngunit ako, na nasa kalagitnaan ninyo, ay katulad sa kaniya na naglilingkod.

28 "At kayo yaong mga nagpapatuloy na kasama ko sa aking mga pagsubok. **29** At ako ay nagtatalaga ng kaharian para sa inyo kung paanong ang aking Ama ay nagtalaga para sa akin, **30** upang kayo ay makakain at makainom sa aking hapag sa aking kaharian, at upang kayo ay makaupo sa mga trono na hinahatulan ang labindalawang lipi ni Israel."

31 At sinabi ng Panginoon, "Simon, Simon, narito, kayo ay hinihingi ni Satanas na mapasakaniya upang salain katulad ng trigo. **32** Subalit ako ay nagsumamo para sa iyo upang huwag manghina ang iyong pananampalataya, at sa iyong panunumbalik, patatagin mo ang iyong mga kapatid." **33** Ngunit sinabi niya sa kaniya, "Panginoon, ako ay nakahanda ring mabilanggo at mamatay kasama mo."

34 Subalit sinabi ni Jesus, "Pedro, sinasabi ko sa iyo, ang

22:19 Mat 14:19
22:20 2Co 3:6; Heb 8:6
22:22 Mat 8:20; Gaw 2:23
22:24 Mar 9:34
22:26 Mar 9:35; 1Pe 5:5
22:27 Mat 20:28
22:29 Mat 25:34; 2Ti 2:12
22:30 Mat 19:28
22:32 Jua 17:9, 15; 21:15-17; Rom 8:34
22:33 Jua 11:16

tandang ay hinding-hindi titilaok sa araw na ito bago mo
ipagkakaila nang tatlong ulit na kilala mo ako."
35 Sinabi rin niya sa kanila, "Nang kayo ay isinugo ko na
walang lalagyan ng salapi at mga pangyapak, kinulang ba kayo
ng anumang bagay?"
At sinabi nila, "Hindi."
36 Kaya sinabi niya sa kanila, "Ngunit ngayon, siya na may
lalagyan ng salapi, hayaan siyang dalhin ito gayundin ang
kaniyang supot, at siya na wala, hayaang ipagbili niya ang
kaniyang damit at bumili ng tabak. 37 Sapagkat sinasabi ko
sa inyo na itong nasusulat ay kinakailangan pang maganap
sa akin, 'At siya ay ibinilang din sa mga hindi kumikilala sa
kautusan'

Isa 53:12

sapagkat ang mga bagay patungkol sa akin ay nagkakaroon na
ng kaganapan."
38 At sinabi nila, "Panginoon, Narito, may dalawang tabak
dito."
Sinabi niya sa kanila, "Sapat na ito."

Nanalangin si Jesus sa Bundok

Mat 26:36-46; Mar 14:32-42; Jua 18:1

39 At nang si Jesus ay lumabas, siya ay pumunta sa bundok
ng mga Olibo ayon sa kinaugalian at ang kaniyang mga alagad
ay sumunod din sa kaniya. 40 At pagdating niya sa dakong iyon,
sinabi niya sa kanila, "Manalangin kayo upang hindi kayo
pumasok sa tukso."
41 At siya ay napahiwalay sa kanila na kasing-layo ng isang
pukol ng bato at pagkaluhod niya, siya ay nanalangin 42 na
sinasabi, "Ama, kung gugustuhin mo, alisin mo ang sarong
ito sa akin. Gayunpaman, hindi ang kalooban ko kundi ang
kalooban mo ang mangyari." 43 At nagpakita kay Jesus ang
isang anghel mula sa langit na nagpapalakas sa kaniya. 44 At
sa kaniyang matinding pakikipagbaka, lalo siyang nanalangin
nang mataimtim at ang pawis niya ay naging katulad ng
namuong dugo na pumapatak sa lupa.
45 At nang siya ay tumindig pagkatapos manalangin at
pumunta sa kaniyang mga alagad, sila ay natagpuan niyang
natutulog dahil sa kalungkutan. 46 Sinabi niya sa kanila, "Bakit
kayo natutulog? Bumangon kayo. Manalangin kayo upang hindi
kayo pumasok sa tukso."

Dinakip Nila si Jesus

Mat 26:47-56; Mar 14:43-51; Jua 18:2-11

47 Habang siya ay nagsasalita pa, narito, dumating ang

22:35 Mat 10:9-10
22:39 Mat 21:1
22:40 Mat 6:13
22:42 Mat 20:22; 26:39
22:43 Mat 4:11; Mar 1:13

napakaraming tao at siya na tinatawag na Judas na isa sa labindalawang alagad ay nauuna sa kanila at lumapit kay Jesus upang halikan siya. **48**Ngunit sinabi ni Jesus sa kaniya, "Judas, sa pamamagitan ba ng halik ay ipagkakanulo mo ang Anak ng Tao?"

49Nang nakita ng mga nasa palibot niya kung ano ang mangyayari, sinabi nila, "Panginoon, mananaga ba kami?" **50**At ang isa mula sa kanila ay tinaga ang alipin ng pinakapunong saserdote at natanggal ang kaniyang kanang tainga.

51Ngunit sumagot si Jesus na sinasabi, "Tigilan na ninyo ito." At pagkahawak ni Jesus sa tainga ng alipin, siya ay kaniyang pinagaling.

52Pagkatapos ay sinabi ni Jesus sa mga punong saserdote, mga kapitan ng templo at matatanda na dumating sa kaniya, "Lumabas ba kayong may mga tabak at pamalo kagaya ng panlaban sa isang tulisan? **53**Nang ako ay kasama ninyo sa templo araw-araw, hindi kayo nagbuhat ng mga kamay laban sa akin, ngunit sa inyo ang oras na ito at ang kapamahalaan ng kadiliman."

Ipinagkaila ni Pedro si Jesus

Mat 26:69-75; Mar 14:66-72; Jua 18:15-18, 25-27

22:53 Mat 8:12; 26:55; Jua 1:5; 12:27
22:54 Mat 26:57-58; Jua 18:15

54At nang siya ay kanilang hinuli, siya ay isinama nila sa bahay ng pinakapunong saserdote, at si Pedro ay sumusunod na may kalayuan. **55**At pagkatapos ng kanilang pagsiga sa gitna ng patyo at sama-samang pag-upo, si Pedro ay umupo sa kalagitnaan nila. **56**Ngunit isang utusang babae ang nakakita kay Pedro na nakaupong malapit sa apoy. Siya ay tumitig kay Pedro at sinabi, "Ang isa ring ito ay kasama niya."

57At ipinagkaila ni Pedro si Jesus, na sinasabi, "Ginang, hindi ko siya kilala."

58At pagkalipas ng ilang sandali, may isa pang nakakita sa kaniya at sinabi, "Ikaw rin ay kasama nila."

Subalit sinabi ni Pedro, "Ginoo, hindi ako kasama."

59At pagkalipas nang halos isang oras, may isang mariing nagsalita na sinasabi, "Totoo na ang isa ring ito ay kasama niya sapagkat siya rin ay taga-Galilea."

60Subalit sinabi ni Pedro, "Ginoo, hindi ko alam ang sinasabi mo."

At habang siya ay nagsasalita pa, ang tandang ay tumilaok kaagad. **61**At nang lumingon ang Panginoon, tiningnan niya si Pedro. At naalala ni Pedro ang salita ng Panginoon katulad ng sinabi niya sa kaniya, "Bago tumilaok ang tandang, ipagkakaila mo ako ng tatlong ulit." **62**At nang si Pedro ay lumabas, siya ay tumangis nang buong pait.

Nilibak ng mga Kawal si Jesus

Mat 26:67-68; Mar 14:65; Jua 18:22-23

63 At si Jesus ay nilibak at hinagupit ng mga lalaking humuli
sa kaniya. **64** At nang siya ay piringan nila, siya ay kanilang
hinampas sa mukha at siya ay tinanong na sinasabi, "Ihayag
mo, sino ang sumampal sa iyo?" **65** At marami pang mga bagay
ang sinabi nila sa kaniya sa mapaglapastangang pamamaraan.

Si Jesus sa Harap ng Sanhedrin

Mat 27:1-2; Mar 15:1

66 At nang umaga na, nagkatipon ang matatanda ng bayan,
ang mga punong saserdote, gayundin ang mga eskriba, at
si Jesus ay dinala nila sa kanilang Sanhedrin♦, na sinasabi,
67 "Kung ikaw ang Cristo, sabihin mo sa amin."

Ngunit sinabi niya sa kanila, "Kapag sasabihin ko sa inyo,
kailanman ay hindi kayo maniniwala. **68** At kapag ako rin ay
magtatanong sa inyo, hindi ninyo ako sasagutin, ni palalayain.
69 Simula ngayon, ang Anak ng Tao ay uupo sa kanan ng
kapangyarihan ng Diyos."

70 At ang lahat ay nagsabi, "Ikaw nga ba ang Anak ng
Diyos?"

Ngunit sinabi niya sa kanila, "Kayo ang nagsasabi na ako
nga."

71 Kaya sinabi nila, "Ano pang patotoo ang kailangan natin,
sapagkat tayo na mismo ang nakarinig mula sa kaniyang
bibig?"

Si Jesus sa Harap ni Pilato

Mat 27:11-14; Mar 15:2-5; Jua 18:28-38

23 Nang ang kabuuan ng kanilang malaking bilang sa
kanila ay tumayo, si Jesus ay dinala nila kay Pilato.
2 At sila ay nagsimula upang paratangan siya na sinasabi,
"Natagpuan namin ang taong ito na inililigaw ang bayan
at ipinagbabawal ang pagbabayad ng buwis kay Cesar♦ sa
pagsasabing siya mismo ang Cristo, ang hari."

3 At tinanong ni Pilato si Jesus na sinasabi, "Ikaw ba ang
Hari ng mga Judio?"

At si Jesus ay sumagot sa kaniya na sinasabi, "Ikaw ang
nagsabi nito."

4 Kaya si Pilato ay nagsabi sa mga punong saserdote at sa
napakaraming tao, "Wala akong nakikitang dahilan upang
hatulan ang taong ito."

5 Ngunit sila ay lalong nagpupumilit na sinasabi,
"Inuudyukan niya ang mga tao sa kaniyang pagtuturo sa buong
Judea simula sa Galilea hanggang dito."

22:65 Mat 16:21
22:66 Mat 5:22; Mar 15:1
22:69 Mar 16:19
22:70 Mat 4:3; 27:11
23:1 Mat 27:2
23:2 Jua 19:12
23:4 Mat 27:23; Jua 18:38; 2Co 5:21; 1Ti 6:13
23:5 Mar 1:14

6 Nang narinig ni Pilato ang Galilea, itinanong niya kung ang
lalaki ay taga-Galilea. 7 At nang nalaman niya na si Jesus ay
nagmula sa nasasakupan ni Herodes, siya ay ipinadala niya kay
Herodes na nasa Jerusalem din nang mga araw na iyon.

Si Jesus sa Harap ni Herodes

8 Ngunit nang nakita ni Herodes si Jesus, siya ay labis na
nagalak sapagkat matagal na niyang ninanais na makita si Jesus
dahil maraming bagay na siyang narinig patungkol sa kaniya at
umaasa siyang makakita ng ilang tanda na ginagawa niya. 9 At
nagtanong si Herodes sa kaniya sa pamamagitan ng maraming
pananalita ngunit wala siyang isinagot sa kaniya. 10 Ngunit ang
mga punong saserdote at mga eskriba ay tumayo at siya ay
marahas nilang pinaparatangan. 11 At kinutya siya ni Herodes
at ng kaniyang hukbo at nang siya ay nilibak sa pagpapasuot
sa kaniya ng marangyang kasuotan, siya ay muling ipinadala
ni Herodes kay Pilato. 12 Kaya sa araw ring iyon ay naging
magkaibigan sa isa't isa sina Pilato at Herodes sapagkat sila ay
may dating alitan.

23:7 Mat 14:1
23:9 Mar 14:61
23:11 Mar 15:17-19; Jua 19:2-3
23:12 Gaw 4:27
23:16 Mat 27:26; Jua 19:1; Gaw 16:37; 2Co 11:23-24
23:18 Gaw 3:13-14

Ipinahayag ni Pilato ang Hatol

Mat 27:15-26; Mar 15:6-15; Jua 18:39-40; 19:4-16

13 At pagkatawag ni Pilato sa mga punong saserdote at sa
mga pinuno at sa mga tao, 14 sinabi niya sa kanila, "Dinala
ninyo sa akin ang taong ito bilang isang naglilihis ng landas
sa mga tao. Narito, nang siya ay siniyasat ko sa harapan ninyo,
wala akong nakitang dahilan upang hatulan ang taong ito ayon
sa ipinaparatang ninyo sa kaniya 15 sapagkat pinaahon ko kayo
kay Herodes, ngunit narito, kahit si Herodes ay walang ginawa
sa kaniya na nararapat sa kamatayan. 16 Kaya pagkatapos
ko siyang parusahan, siya ay palalayain ko" 17 (sapagkat
kinakailangang may isang palalayain sa kanila si Pilato tuwing
araw ng kapistahan.)

18 Ngunit sila ay sabay-sabay na sumigaw na nagsasabi,
"Paalisin mo ang taong ito at palayain sa amin si Barabas." 19 (Si
Barabas ay ipinasok sa bilangguan dahil sa paghihimagsik na
nangyari sa lungsod at sa pagpatay ng tao.)

20 Kaya si Pilato ay muling nagsalita sa kanila dahil sa
pagnanais niyang palayain si Jesus. 21 Ngunit sila ay sumigaw
na sinasabi, "Ipako mo siya sa krus, ipako mo siya sa krus!"

22 At sa ikatlong pagkakataon ay sinabi niya sa kanila,
"Bakit, anong kasamaan ang nagawa ng taong ito? Wala akong
anumang nakita sa kaniya na dahilan upang hatulan siya ng
kamatayan. Kaya pagkatapos ko siyang parusahan, siya ay
palalayain ko."

23 Ngunit, sa pamamagitan ng malakas na tinig, sila ay
nagpupumilit upang hilingin na siya ay ipako sa krus. At ang
tinig nila at ng mga punong saserdote ay nanaig. 24 At si Pilato
ay nagbigay ng hatol upang mangyari ang kahilingan nila. 25 At
kaniyang pinalaya sa kanila yaong hinihiling nila na ipinasok
sa bilangguan dahil sa paghihimagsik at pagpatay. Ngunit si
Jesus ay ibinigay niya sa kanilang kagustuhan.

Si Jesus ay Ipinako sa Krus

Mat 27:32-44; Mar 15:21-32; Jua 19:17-27

26 At habang si Jesus ay dinadala nilang palayo, kinuha nila
ang isang nagngangalang Simon na taga-Cerene na nanggaling
sa bukid, at ipinatong nila sa kaniya ang krus upang pasanin
niya ito na nakasunod kay Jesus.

27 At sumusunod kay Jesus ang malaking bilang ng
napakaraming tao at sa mga kababaihan na tumatangis din at
nanaghoy sa kaniya. 28 Ngunit si Jesus ay lumingon at sinabi,
"Mga anak na babae ng Jerusalem, huwag kayong tumangis
para sa akin. Gayunpaman, tumangis kayo para sa inyong
mga sarili at para sa inyong mga anak. 29 Narito, dahil ang mga
araw ay darating kung saan ay sasabihin nila, 'Pinagpala ang
mga baog, ang mga sinapupunan na hindi nagdalang-tao at
ang mga suso na hindi nasusuhan!' 30 Sa panahong iyon, sila
ay magsisimulang 'magsabi sa mga bundok, "Bagsakan ninyo
kami!" at sa mga burol, "Tabunan ninyo kami!" '

Ose 10:8

31 Dahil kung ginagawa nila ang mga ito sa sariwang kahoy, ano
ang mangyayari sa tuyo?"

32 At mayroon ding dalawang salarin na dinalang kasama
ni Jesus upang patayin. 33 At nang sila ay dumating sa dakong
tinatawag na Bungo, doon siya ay kanilang ipinako sa krus at
ang mga salarin, ang isa nga ay sa bahaging kanan at ang isa ay
sa bahaging kaliwa. 34 At sinabi ni Jesus, "Ama, patawarin mo
sila sapagkat hindi nila alam ang kanilang ginagawa."

At sila ay nagpalabunutan sa pagbaha-bahagi ng kaniyang
mga kasuotan. 35 At ang mga tao ay nakatayo na nagmamasid.
At ang mga pinunong kasama nila ay tumutuya rin sa kaniya na
sinasabi, "Iniligtas niya ang iba. Hayaan siyang iligtas niya ang
kaniyang sarili kung siya ang Cristo na pinili ng Diyos."

36 At nilibak din siya ng mga kawal. Sila ay lumapit at
iniaalok ang maasim na alak sa kaniya 37 at sinasabi, "Kung
ikaw ang Hari ng mga Judio, iligtas mo ang iyong sarili."

38 At sa itaas niya ay mayroon ding nakasulat sa mga titik ng
Griyego at sa Latin at sa Hebreo: ITO ANG HARI NG MGA
JUDIO.

23:26 Mat 27:32; Mar 15:21; Jua 19:17
23:29 Mat 24:19
23:30 Pah 6:16
23:32 Mat 27:38; Mar 15:27; Jua 19:18
23:34 Mat 5:44; 11:25
23:36 Mat 27:48
23:38 Mat 2:2

39 Ngunit ang isa sa mga salaring nakapako sa krus ay
nilapastangan siya na sinasabi, “Kung ikaw ang Cristo, iligtas
mo ang iyong sarili at kami.”
40 Subalit pagsagot ng isa ay sinaway siya na sinasabi, “Hindi
ka ba natatakot sa Diyos yamang ikaw ay nasa gayunding
kaparusahan? 41 At tayo nga ay hinatulan ayon sa katuwiran
sapagkat tinatanggap natin ang nararapat na kabayaran ng
ating mga ginawa, ngunit ang lalaking ito ay walang ginawang
pagkakamali.” 42 Ngunit sinabi niya kay Jesus, “Panginoon,
alalahanin mo ako kapag ikaw ay dumating sa iyong kaharian.”
43 Kaya sinabi ni Jesus sa kaniya, “Katotohanang sinasabi ko
sa iyo, sa araw na ito, ikaw ay makakasama ko sa Paraiso.”

Si Jesus ay Namatay

Mat 27:45-56; Mar 15:33-41; Jua 19:18-37

44 At ang oras ay halos ikaanim na, at nagkaroon ng
kadiliman sa buong lupa hanggang sa ikasiyam na oras, 45 at
ang araw ay nagdilim, at ang tabing ng banal na dako ng templo
ay nahati sa gitna. 46 At nang si Jesus ay sumigaw na may
malakas na tinig ay sinabi niya, “Ama, ‘sa iyong mga kamay ay
inihahabilin ko ang aking espiritu.’ ”

Awi 31:5

At pagkasabi niya ng mga bagay na ito, siya ay nalagutan ng
hininga.
47 Ngunit nang nakita ng senturion♦ ang nangyari, niluwalhati
niya ang Diyos na sinasabi, “Tunay na ang taong ito ay
matuwid.”
48 At ang lahat ng napakaraming tao na nagtipon sa
panooring ito, nang nakita nila ang mga bagay na nangyari, sila
ay umuwing dinadagukan ang kanilang mga dibdib. 49 Ngunit
ang lahat ng kaniyang mga kakilala at ang mga babaing
kasamang sumunod sa kaniya mula sa Galilea ay nakatayo sa
malayo at pinagmamasdan ang mga bagay na ito.

23:42 Mat 16:27
23:43 2Co 12:3-4; Pah 2:7
23:45 Heb 9:3,8; 10:19-20
23:46 Mat 27:50; Jua 19:30; 1Pe 2:23
23:47 Mat 9:8
23:54 Mat 27:62

Inilibing Nila si Jesus

Mat 27:57-61; Mar 15:42-47; Jua 19:38-42

50 Ngunit narito, may isang lalaki na ang pangalan ay Jose,
isang tagapayo na kasapi ng Sanhedrin. Siya ay mabuting lalaki
at matuwid, 51 (siya ay hindi sumang-ayon sa payo at sa gawain
nila). Siya ay mula sa Arimatea na isang lungsod ng mga
Judio. Siya rin ay naghihintay sa paghahari ng Diyos. 52 Nang
ang lalaking ito ay pumunta kay Pilato, kaniyang hiniling ang
katawan ni Jesus. 53 At nang naibaba niya ang katawan ni Jesus,
binalot niya ito ng telang lino at inihimlay ito sa isang libingang
nakauka sa bato na hindi pa napaglilibingan ng sinuman. 54 At

ang araw na iyon ay ang Paghahanda♦ at ang araw ng Sabat ay nalalapit na.

55 At sumunod din kay Jose ang mga babaing sumama kay
Jesus mula sa Galilea. Pinagmasdan nila ang libingan at kung
paano inilagay ang katawan ni Jesus. 56 At nang sila ay umuwi,
sila ay naghanda ng mga pabango at mga pamahid. At sa araw
nga ng Sabat, sila ay nagpahinga ayon sa Kautusan.

Si Jesus ay Muling Nabuhay

Mat 28:1-10; Mar 16:1-11; Jua 20:1-18

24 Sa unang araw ng linggo, maagang-maaga pa, sila at
ang ilan pang mga babaing kasama nila ay pumunta
sa libingan na dala-dala ang inihanda nilang mga pabango
at mga pamahid. 2 Ngunit natagpuan nila ang bato na
naigulong na mula sa libingan. 3 At nang sila ay pumasok,
hindi nila natagpuan ang katawan ng Panginoong Jesus. 4 At
nangyari, na sa kanilang kalituhan patungkol dito, narito, may
dalawang lalaking tumayo sa tabi nila na ang mga kasuotan
ay nagniningning. 5 At sa kanilang pagkatakot at pagkiling ng
kanilang mga mukha sa lupa, sinabi ng mga lalaki sa kanila,
"Bakit ninyo hinahanap ang isang nabubuhay sa mga patay?
6 Wala siya rito, ngunit siya ay nagbangon. Alalahanin ninyo
kung paano niya sinabi sa inyo nang siya ay nasa Galilea pa,
7 na nagsasabi, 'Ang Anak ng Tao ay kinakailangang ibigay
sa mga kamay ng mga makasalanang tao at ipako sa krus at
babangon sa ikatlong araw.' "

8 At naalala nila ang kaniyang mga salita. 9 Nang sila ay
nakauwi mula sa libingan, isinalaysay nila ang lahat ng mga
bagay na ito sa labing-isang alagad at sa iba pa. 10 Si Maria na
taga-Magdala, si Joana, si Maria na ina ni Santiago at ang ibang
mga babaing kasama nila ang nagsabi ng mga bagay na ito sa
mga apostol. 11 At ang kanilang mga salita ay naging parang
walang kabuluhan sa kanila at sila ay hindi naniwala sa kanila.
12 Ngunit si Pedro ay tumayo at tumakbo patungo sa libingan at
pagkayukod niya ay nakita niya ang mga telang lino na lamang
ang nakalatag. At siya ay umuwi na namamangha sa kaniyang
sarili sa nangyari.

Sa Daan Patungong Emaus

Mar 16:12-13

13 At narito, nang araw ring iyon ay pumunta ang dalawa sa
kanila sa isang nayon na tinatawag na Emaus, na ang layo mula
sa Jerusalem ay animnapung estadya°. 14 At sila ay nag-uusap
sa isa't isa patungkol sa lahat ng mga bagay na ito na nangyari.
15 At nangyari na habang sila ay nag-uusap at nagtatalo, si

23:56 Mar 16:1
24:4 Jua 20:12
24:6 Mat 17:22
24:7 Mat 8:20; 16:21
24:8 Jua 2:22
24:10 Mar 6:30
24:11 Mar 16:11
24:12 Jua 20:3-7,10
24:13 Mar 16:12

Jesus din mismo ay lumapit at sumama sa kanila. **16**Ngunit ang
kanilang mga mata ay pinipigilan upang hindi siya makilala.
17At sinabi niya sa kanila, "Ano itong mga salita na inyong
pinag-uusapan sa isa't isa habang kayo ay naglalakad at
malungkot ang inyong mga mukha?"
18Ngunit ang isang lalaki na ang pangalan ay Cleofas ay
sumagot na sinabi kay Jesus, "Ikaw ba ay dayuhan lang sa
Jerusalem na hindi nakaalam ng mga nangyari roon sa mga
araw na ito?"
19At sinabi niya sa kanila, "Anong mga bagay?"
Kaya sinabi nila sa kaniya, "Ang mga bagay patungkol
kay Jesus na taga-Nazaret na naging tao, isang propeta na
makapangyarihan sa gawa at sa salita sa harap ng Diyos at
sa lahat ng mga tao, **20**at kung paanong siya ay ibinigay ng
aming mga punong saserdote at ng mga pinuno upang hatulan
ng kamatayan at siya ay ipinako nila sa krus. **21**Ngunit kami
ay umaasa na siya yaong tutubos sa Israel at maliban sa lahat
ng mga bagay na ito, ngayon ang ikatlong araw mula nang
nangyari ang mga bagay na ito. **22**Ngunit pinamangha rin kami
ng ilang kasama naming mga babae na maagang pumunta sa
libingan. **23**At nang hindi nila nakita ang katawan ni Jesus,
sila ay pumunta sa amin na nagsasabing sila ay nakakita rin
ng isang pangitain ng mga anghel na nagsasabing siya ay
nabubuhay. **24**At ang ilan sa kanila na mga kasama namin ay
pumunta sa libingan at natagpuan nila ito nang gayon, ayon din
sa sinabi ng mga babae, ngunit hindi nila nakita si Jesus."
25Kaya sinabi ni Jesus sa kanila, "O, kayong mga mangmang
at mga mabagal ang puso upang sumampalataya sa lahat
ng mga sinabi ng mga propeta. **26**Hindi ba ang Cristo ay
kinakailangang dumanas ng mga bagay na ito at papasok sa
kaniyang kaluwalhatian?" **27**At simula kay Moises at sa lahat
ng mga propeta ay ipinaliwanag niya sa kanila sa lahat ng
Kasulatan♦ ang mga bagay patungkol sa kaniyang sarili.
28At sila ay papalapit na sa nayon na kanilang pupuntahan at
ipinahiwatig niyang malayo pa ang pupuntahan niya. **29**Ngunit
siya ay pinilit nila na sinasabi, "Manatili kang kasama namin
sapagkat gumagabi na at lumipas na ang araw." At siya ay
pumasok upang manatiling kasama nila.
30At nangyari, na sa kaniyang pagdulog sa hapag-kainan
na kasama nila, kinuha niya ang tinapay at pinagpala ito at
pagkaputul-putol niya, ito ay ibinigay niya sa kanila. **31**At ang
kanilang mga mata ay nabuksan at siya ay nakilala nila. Ngunit
siya ay naglaho mula sa kanila.
32Kaya sinabi nila sa isa't isa, "Hindi nga ba nag-aalab sa
loob natin ang ating mga puso habang tayo ay kinakausap niya

24:16 Jua 20:14; 21:4
24:18 Jua 19:25
24:19 Mat 21:11; Mar 1:24
24:21 Mat 16:2
24:26 Heb 2:10; 1Pe 1:11
24:27 Jua 1:45
24:30 Mat 14:19

sa daan at kung paano niya ipinapaliwanag sa atin ang mga Kasulatan?" 33 At sila ay tumayo sa oras ding iyon at bumalik sa Jerusalem at natagpuan nilang nagkatipon ang labing-isang alagad at ang mga kasama nila. 34 Sinabi nila, "Tunay na ang Panginoon ay bumangon at nagpakita kay Simon." 35 At isinalaysay nila ang mga bagay na nangyari sa daan at kung paanong siya ay nakilala nila sa pagputul-putol ng tinapay.

Nagpakita si Jesus sa mga Alagad

Mar 16:14-18; Jua 20:19-23

36 Ngunit habang sinasabi nila ang mga bagay na ito,
si Jesus mismo ay tumayo sa kalagitnaan nila at sinabi sa kanila, "Kapayapaan ang sumainyo." 37 Subalit sila ay nagulat at natakot, at inaakala nilang nakakita sila ng espiritu. 38 At sinabi niya sa kanila, "Bakit kayo naguguluhan? At anong dahilan na dumarating ang mga pag-aalinlangan sa inyong mga puso? 39 Tingnan ninyo ang aking mga kamay at ang aking mga paa sapagkat ako mismo ito. Hawakan ninyo ako at tingnan sapagkat ang espiritu ay walang laman at buto katulad ng nakikita ninyo na mayroon ako."

40 At pagkasabi niya nito, ipinakita niya sa kanila ang kaniyang mga kamay at mga paa. 41 Ngunit habang hindi pa sila makapaniwala dahil sa galak at pagkamangha, sinabi niya sa kanila, "Mayroon ba kayong anumang pagkain dito?" 42 At siya ay binigyan nila ng bahagi ng inihaw na isda at pulot mula sa bahay-pukyutan. 43 At kinuha niya ito at kumain siya sa harapan nila.

Ang Dakilang Utos

Mat 28:16-20; Mar 16:15-18

44 At sinabi niya sa kanila, "Ito ang mga salitang sinabi ko sa inyo nang ako ay kasama pa ninyo na dapat maganap ang lahat ng mga bagay na nasusulat sa mga Kautusan ni Moises at sa mga aklat ng mga Propeta at sa mga awit patungkol sa akin." 45 Pagkatapos ay binuksan niya ang kanilang mga pag-iisip upang maunawaan nila ang mga Kasulatan.

46 At sinabi niya sa kanila, "Sa ganitong paraan ito ang nasusulat at sa ganitong paraan ang Cristo ay kinakailangang dumanas ng paghihirap subalit babangon mula sa mga patay sa ikatlong araw. 47 At upang ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan sa kaniyang pangalan ay maihayag sa lahat ng mga bansa simula sa Jerusalem. 48 At kayo ang mga saksi sa mga bagay na ito. 49 Kaya narito, ipinapadala ko ang pangako ng aking Ama sa inyo. Ngunit kayo ay manatili sa lungsod ng

24:34 1Co 15:5
24:36 Jua 20:19, 21,26
24:37 Mar 6:49
24:39 Jua 20:27; 1Jn 1:1
24:43 Gaw 10:41
24:44 Mat 1:22
24:46 Mat 16:21
24:47 Mat 28:19; Gaw 5:31
24:48 Jua 15:27; Gaw 1:8; 1Pe 5:1
24:49 Jua 14:16; Gaw 1:4

Jerusalem hanggang sa kayo ay mabihisan ng kapangyarihang mula sa itaas.”

Ang Pagdala kay Jesus sa Langit

Mar 16:19-20; Gaw 1:9-11

24:50 Mat 21:17
24:53 Gaw 2:46

50 At sila ay dinala ni Jesus hanggang sa Betania, at habang nakataas ang kaniyang mga kamay, sila ay kaniyang pinagpala. **51** At nangyari na habang sila ay pinagpapala niya, siya ay humiwalay sa kanila at siya ay dinalang paitaas sa langit. **52** At pagkatapos nilang sumamba sa kaniya, sila ay bumalik sa Jerusalem na may malaking kagalakan. **53** At sila ay nagpatuloy sa pagpupuri at sa pagbibigay lugod sa Diyos sa loob ng templo. Siya nawa!

ANG EBANGHELYO AYON KAY JUAN

Sumulat: Juan
Para Kanino: Sa buong sanlibutan
Taon: A.D. 85-90

Panimulang Salita sa Ebanghelyo Ayon kay Juan

Ang unang apat na aklat ng Bagong Tipan ay tinawag na mga ebanghelyo sapagkat ipinakikilala nila ang mabuting balita ng buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus. Ito ang mga mahahalagang pangyayari sa ebanghelyo na dapat ang mga mananampalataya ang magpapahayag sa sanlibutan. Isinulat ni Apostol Juan ang kaniyang ebanghelyo para sa buong sanlibutan na may pagnanais na sila ay sumampalataya na si Jesus ay ang Cristo, ang Anak ng Diyos (Juan 20:30-31). Isinulat niya ito sa panahon ng A.D. 85-90, mas huli kaysa sa tatlong aklat ng Ebanghelyo.

Ang mga magulang ni Juan ay si Zebedeo at Salome, at si Apostol Santiago ay ang kaniyang nakakatandang kapatid. Tinatawag ni Juan ang kaniyang sarili na "ang alagad na inibig ni Jesus" (13:23-24; 21:7, 20, 24). Nasaksihan ni Juan ang mga bahagi ng paglilingkod ni Jesus, kasama sina Pedro at Santiago, na hindi nasaksihan ng siyam pang mga apostol (Mar 9:37; 9:2; 14:33). Ang Panginoon ang pumili sa kaniya upang isulat ang ebanghelyong ito, tatlo pang mga sulat (1, 2 at 3 Juan) at ang aklat ng Pahayag.

Ang ebanghelyo ni Juan ay naiiba sa tatlo pang mga Ebanghelyo dahil sa nilalaman nito. Pinatnubayan ng Diyos si Juan na hindi isulat ang maraming mga paksa na isinama ng tatlo pang manunulat lalung-lalo na ang kapanganakan ni Jesus at ang kaniyang mga talinghaga. Ngunit marami naman siyang isinama na hindi nila isinulat at halos ang lahat ng paksa sa unang limang kabanata sa aklat na ito ay si Juan lamang ang sumulat. Ang mga kabanatang ito ay nagsasaad patungkol sa unang bahagi ng paglilingkod ni Jesus pagkatapos na pagkatapos ng kaniyang pagpabawtismo. Si Juan ay pumili ng pitong kamangha-manghang mga gawa upang patunayan ang kaniyang pahayag patungkol kay Jesus, at tinawag niya ang mga kamangha-manghang mga gawang ito na "mga tanda." Ang mga tanda na ito ay matatagpuan sa kabanatang 2, 4, 5, 6, 9, at 11. Sumulat din si Juan ng pito sa mga pangangaral ni Jesus, at ang mga ito ay nasa sa kabanatang 3, 4, 5, 6, 8, 10, at 14-16. Sinabi rin niya ang mga "Ako nga" na mga pahayag ni Jesus (6:35; 8:12, 58; 9:5; 10:11, 14; 11:25; 14:6; 15:1). Sinimulan niya ang kaniyang ebanghelyo na may malinaw na mga pahayag patungkol sa pagka-Diyos ni Cristo sa kabanatang 1. Nagpatuloy siya sa pagpapahayag ng pangmadlang paglilingkod ni Jesus (kabanatang 2-12), ang kaniyang pribadong paglilingkod na kasama ang mga apostol (kabanatang 13-17), ang kaniyang mga isinagawa doon sa krus (kabanatang 18-19), at pagkatapos ay ang kaniyang muling pagkabuhay at ang kaniyang paglilingkod pagkatapos nito (kabanatang 20-21).

Malinaw na pinapatunayan ni Juan na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos. Kaya dapat tayong sumampalataya sa kaniya upang tayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Balangkas ng Ebanghelyo Ayon kay Juan:

I. Ang pagpapakilala kay Cristo (kabanatang *1*).
II. Ang pangmadlang paglilingkod ni Cristo (kabanatang *2-12*).
III. Ang pribadong paglilingkod ni Cristo kasama ng kaniyang mga apostol (kabanatang *13-17*).
IV. Ang mga isinagawa ni Cristo doon sa krus (kabanatang *18-19*).
V. Ang muling pagkabuhay ni Cristo at ang pagpapakita ng kaniyang sarili sa kaniyang mga tagasunod (kabanatang *20-21*)

Nagkatawang-Tao ang Salita

1 Sa simula ay naroroon na ang Salita, at ang Salita ay
sumasa Diyos at ang Salita ay Diyos. **2** Siya ay sumasa
Diyos buhat nang simula. **3** Ang lahat ng mga bagay ay nilikha
sa pamamagitan niya, kung wala siya ay walang anumang
nilikhang bagay ang nalikha. **4** Ang buhay ay nasa kaniya at ang
buhay ay ang ilaw ng mga tao **5** at ang ilaw ay nagliwanag sa
kadiliman at hindi ito tinanggap ng kadiliman.

6 May lalaking isinugong mula sa Diyos na ang pangalan
ay Juan. **7** Siya ay pumarito bilang saksi upang magpatotoo
patungkol sa Ilaw upang ang lahat ay sumampalataya sa
pamamagitan niya. **8** Hindi siya ang Ilaw, ngunit siya ay isinugo
upang magpatotoo patungkol sa Ilaw. **9** Ang tunay na Ilaw
ay siya na nagbibigay liwanag sa bawat taong pumaparito sa
sanlibutan*.

10 Siya ay nasa sanlibutan at ang sanlibutan ay nilikha sa
pamamagitan niya, ngunit hindi siya kinilala ng sangkatauhan.
11 Siya ay pumunta sa kaniyang sariling mga tao ngunit hindi
siya tinanggap ng kaniyang sariling mga tao. **12** Ngunit ang
lahat ng mga tumanggap sa kaniya ay pinagkalooban niya
ng karapatang maging mga anak ng Diyos, sila ay ang mga
sumampalataya sa kaniyang pangalan. **13** Sila ay ipinanganak
hindi sa pamamagitan ng dugo, ni sa pamamagitan ng kalooban
ng laman, ni sa pamamagitan ng kalooban ng tao, kundi sa
pamamagitan ng kalooban ng Diyos.

14 Ang Salita ay nagkatawang-tao at nanahang kasama
namin at namasdan namin ang kaniyang kaluwalhatian, ang
kaluwalhatian ng bugtong na Anak ng Ama, na puspos ng
biyaya at katotohanan.

15 Si Juan ay nagpapatotoo patungkol sa kaniya at sumigaw
na nagsasabi, "Siya ang aking sinasabi, 'Ang paparitong
kasunod ko ay higit kaysa akin sapagkat siya ay una sa akin.' "

16 At mula sa kaniyang kapuspusan, tayong lahat ay
tumanggap din ng tuluy-tuloy na biyaya, **17** sapagkat ang
Kautusan ay ibinigay sa pamamagitan ni Moises, ngunit ang
biyaya at ang katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni
Jesu-Cristo. **18** Walang taong nakakita kailanman sa Diyos. Ang
bugtong na Anak na nasa piling ng Ama ang siyang naghayag
sa kaniya.

Hindi si Juan ang Cristo

Luc 3:15-18

19 Ito ang patotoo ni Juan nang isugo sa kaniya ng mga

1:1 Flp 2:6; 1Jn 1:2
1:2 Pah 1:8
1:3 1Co 8:6; Col 1:16; Heb 1:2
1:4 Gaw 3:15; Heb 7:16; 1Jn 1:1
1:6 Mat 3:1
1:9 1Jn 2:8
1:12 Rom 8:14; Efe 5:1; 1Jn 3:23
1:13 Tit 3:5; San 1:18; 1Pe 1:23; 1Jn 3:9
1:14 Rom 3:24; Heb 2:14; 1Jn 1:1-2
1:15 Mat 3:11
1:16 Rom 3:24; Efe 1:23; Col 1:19
1:18 Col 1:15; 1Jn 4:9
1:19 Mat 3:1

* **1:9** *pumaparito sa sanlibutan*: Ang tinutukoy nito ay ang bawat taong ipinapanganak.

pinuno ng mga Judio ang mga saserdote at mga Levita mula sa Jerusalem upang tanungin siya, “Sino ka?”

20 Siya ay nagtapat at hindi nagkaila. Kaniyang ipinagtapat, “Hindi ako ang Cristo.”

21 Siya ay tinanong nila, “Sino ka ba talaga? Ikaw ba si Elias?”

Sinabi niya, “Hindi ako.”

“Ikaw ba ang propeta?”

Sumagot siya, “Hindi.”

22 Kaya sinabi nila sa kaniya, “Sino ka ba talaga? Sabihin mo sa amin nang sa gayon ay maibigay namin ang sagot sa nagsugo sa amin. Ano ang masasabi mo patungkol sa iyong sarili?”

23 Sinabi niya, “Ako ‘yaong tinig na sumisigaw sa ilang. “Tuwirin ninyo ang landas ng Panginoon” ’

Isa 40:3

katulad ng sinabi ni Isaias na propeta.”

24 Sila na mga isinugo ay nagmula sa mga Fariseo♦. **25** Siya ay tinanong nila at sinabi sa kaniya, “Kung gayon, bakit ka nagbabawtismo yamang hindi ikaw ang Cristo, ni si Elias, ni ang propeta?”

26 Sumagot si Juan sa kanila na sinasabi, “Ako ay nagbabawtismo sa tubig, ngunit may isang nakatayo sa inyong kalagitnaan na hindi ninyo kinikilala. **27** Siya ang pumaparitong kasunod ko na higit kaysa sa akin. Hindi ako karapat-dapat na magkalag ng panali ng kaniyang pangyapak.”

28 Ang mga bagay na ito ay nangyari sa Betabara, sa ibayo ng Jordan na pinagbabawtismuhan ni Juan.

Ang Kordero ng Diyos

29 Kinabukasan nang nakita ni Juan si Jesus na papalapit sa kaniya, sinabi niya, “Narito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sangkatauhan! **30** Siya ang aking tinutukoy, ‘Ang paparitong kasunod ko ay isang lalaking higit kaysa sa akin sapagkat siya ay una sa akin.’ **31** Hindi ko siya kilala, ngunit ako ay naparitong nagbabawtismo sa tubig upang maihayag siya sa Israel.”

32 Nagpatotoo si Juan na nagsasabi, “Nakita ko ang Espiritu na bumabang buhat sa langit katulad ng kalapati, at ito ay nananahan sa kaniya. **33** Hindi ko siya kilala, ngunit ang nagsugo sa akin upang magbawtismo sa tubig, siya rin ang nagsabi sa akin, ‘Kung kanino mo makikitang bumababa at nananahan ang Espiritu, siya ang magbabawtismo sa inyo sa Banal na Espiritu.’ **34** Aking nakita at pinatotohanan na siya ang Anak ng Diyos.”

1:20 Luc 3:15-16
1:21 Mat 11:14
1:23 Mat 3:1
1:26 Mar 1:4
1:27 Mar 1:7
1:29 1Pe 1:19; Pah 5:6
1:32 Mat 3:16
1:33 Mar 1:4,8
1:34 Mat 4:3

Ang mga Unang Alagad

Mat 4:18-20; Mar 1:16-20

35 Kinabukasan, si Juan ay muling tumayo roon kasama ang
dalawa sa kaniyang mga alagad. **36** Pagtingin niya kay Jesus na
naglalakad, sinabi niya, "Narito ang Kordero ng Diyos!"
37 Narinig ng dalawang alagad nang siya ay nagsalita kaya
sumunod sila kay Jesus. **38** Paglingon ni Jesus at nakita niyang
sumusunod sila, sinabi niya sa kanila, "Ano ang inyong
hinahanap?" Sinabi nila sa kaniya, "Rabbi♦," (ang ibig sabihin
ay Guro) "saan ka nakatira?"
39 Sinabi niya sa kanila, "Halikayo at inyong tingnan." Sila
ay pumaroon at nakita nila ang kaniyang tinitirahan. Nanatili
silang kasama niya nang araw na iyon, noon ay mag-ikasampu
na ang oras*.
40 Ang isa sa dalawang nakarinig kay Juan at sumunod kay
Jesus ay si Andres na kapatid ni Simon Pedro. **41** Una niyang
hinanap ang kaniyang sariling kapatid na si Simon at sinabi sa
kaniya, "Natagpuan namin ang Mesiyas♦" (na ang kahulugan ay
Cristo). **42** Isinama ni Andres si Simon kay Jesus.
Tiningnan siya ni Jesus at sinabi, "Ikaw ay si Simon na anak
ni Jonas, tatawagin kang Cefas" (na ang ibig sabihin ay bato†).

1:35 Mat 3:1
1:38 Mat 23:7
1:42 Mat 16:18
1:43 Mat 4:19; 10:3
1:44 Mat 11:21
1:45 Mar 1:24; Luc 3:23; 24:27
1:47 Rom 9:4,6
1:49 Mat 2:2; 4:3; 23:7

Sina Felipe at Natanael

43 Kinabukasan ay ninais ni Jesus na pumunta sa Galilea.
Natagpuan niya si Felipe at sinabi sa kaniya, "Sumunod ka sa
akin." **44** Si Felipe ay taga-Betsaida na lungsod nina Andres at
Pedro. **45** Natagpuan ni Felipe si Natanael at sinabi sa kaniya,
"Siya na isinulat ni Moises sa Kautusan at ng mga Propeta ay
nasumpungan namin. Siya ay si Jesus na taga-Nazaret, ang
anak ni Jose."
46 At sinabi ni Natanael sa kaniya, "May mabuti bang bagay
na magmumula sa Nazaret?" Sinabi sa kaniya ni Felipe,
"Halika at tingnan mo."
47 Nakita ni Jesus si Natanael na papalapit sa kaniya, sinabi
niya ang patungkol kay Natanael, "Narito, ang totoong taga-
Israel na sa kaniya ay walang pandaraya."
48 Sinabi sa kaniya ni Natanael, "Papaano mo ako nakilala?"
Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, "Bago ka pa tawagin ni
Felipe ay nakita na kita nang ikaw ay nasa ilalim ng puno ng
igos."
49 Sumagot si Natanael at sinabi sa kaniya, "Rabbi, ikaw ang
Anak ng Diyos! Ikaw ang Hari ng Israel!"
50 Sumagot si Jesus sa kaniya at sinabi, "Sumasampalataya

* **1:39** *mag-ikasampu na ang oras*: Ang ikasampung oras ay ikaapat ng hapon.
† **1:42** *bato*: Ang bato sa Hebreo ay Cefas, sa Griyego ay Pedro.

ka ba dahil sinabi kong 'Nakita kita sa ilalim ng puno ng igos'? Makikita mo ang mga bagay na higit na dakila kaysa sa mga ito." 51 At sinabi ni Jesus sa kaniya, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, mula ngayon ay makikita ninyong bukas ang langit. Makikita ninyo ang mga anghel♦ ng Diyos ay pumapaitaas at bumababa* sa Anak ng Tao♦."

Ang Tubig na Naging Alak

2 Nang ikatlong araw ay nagkaroon ng kasalan sa Cana ng Galilea. Naroroon ang ina ni Jesus. 2 Si Jesus at ang kaniyang mga alagad ay inanyayahan din sa kasalan. 3 Nang nagkulang ang alak, sinabi ng ina ni Jesus sa kaniya, "Wala na silang alak."

4 Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ginang, ano ang kinalaman nito sa akin at sa iyo? Ang aking oras ay hindi pa dumarating."

5 Sinabi ng kaniyang ina sa mga tagapaglingkod, "Gawin ninyo ang anumang sasabihin niya sa inyo."

6 Mayroon doong anim na tapayang bato na nakalagay alinsunod sa pagdadalisay ng mga Judio. Ang bawat isa ay maaaring maglaman ng humigit-kumulang sa dalawa o tatlong metreta°. 7 Sinabi ni Jesus sa mga tagapaglingkod, "Punuin ninyo ng tubig ang mga tapayan." At kanilang pinuno ang mga tapayan hanggang sa labi nito. 8 At sinabi niya sa kanila, "Sumalok kayo ngayon at dalhin ninyo sa namamahala ng handaan." Kaya dinala nila ito. 9 At nang natikman ng namamahala ng handaan ang tubig na naging alak, hindi niya alam kung saan ito nanggaling (ngunit alam ng tagapaglingkod na sumalok ng tubig), tinawag ng lalaking namamahala ng kapistahan ang lalaking ikinasal. 10 Sinabi niya sa kaniya, "Unang inihahain ng bawat tao ang mabuting alak at ang mababang uri ay inihahain kapag marami na silang nainom. Ngunit itinabi mo ang mabuting alak hanggang sa ngayon."

11 Ito ang simula ng mga tanda na ginawa ni Jesus sa Cana ng Galilea, at nahayag ang kaniyang kaluwalhatian at sumampalataya sa kaniya ang kaniyang mga alagad.

Nilinis ni Jesus ang Templo

12 Pagkatapos nito ay bumaba siya patungong Capernaum. Kasama niya ang kaniyang ina, mga kapatid na lalaki at ang kaniyang mga alagad. Nanatili sila roon ng ilang araw.

13 Malapit na ang Araw ng Paglagpas♦ ng mga Judio at umahon si Jesus patungong Jerusalem. 14 Nakita niya sa templo♦ ang mga nagtitinda ng mga baka, ng mga tupa at ng

1:51 Mat 3:16; 8:20
2:1 Mat 12:46
2:4 Mat 8:29; 26:18
2:6 Mar 7:3-4
2:11 Mat 12:38
2:12 Mat 4:13; 12:46
2:13 Luc 2:41

* **1:51** *pumapaitaas at bumababa*: Ang kahulugan nito ay ang pagkilos ng mga anghel sa ibabaw ng luklukan ng Diyos.

mga kalapati, at ang mga mamamalit-salapi na nakaupo.
15 Pagkagawa niya ng panghagupit na lubid, itinaboy niya
silang lahat papalabas sa templo, at ang mga tupa at ang
mga toro. Ibinuhos niya ang salapi ng mga mamamalit-
salapi at itinumba ang kanilang mga mesa. 16 Sa mga
nagtitinda ng kalapati ay sinabi niya, "Alisin ninyo rito ang
mga bagay na ito. Huwag ninyong gawing bahay-kalakal
ang bahay ng aking Ama." 17 Naalala ng kaniyang mga
alagad ang nasusulat, "Nilamon ako ng kasigasigan ng
iyong bahay."

Awi 69:9

18 Sumagot nga ang mga Judio at sinabi sa kaniya,
"Anong tanda ang maipapakita mo sa amin yamang ginawa
mo ang mga bagay na ito?"
19 Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, "Gibain ninyo
itong banal na dako* ng templo at aking itatayo sa loob ng
tatlong araw."
20 Kaya sinabi ng mga Judio, "Apatnapu't anim na taon
ang pagtatayo ng banal na dako ng templong ito at itatayo
mo ito sa loob ng tatlong araw?"
21 Ngunit ang banal na dako ng templo na kaniyang
tinutukoy ay ang kaniyang katawan. 22 Nang ibinangon nga
siya mula sa mga patay ay naalala ng kaniyang mga alagad
na sinabi niya ito sa kanila kaya sumampalataya sila sa
Kasulatan♦ at sa salita na sinabi ni Jesus.
23 Habang si Jesus ay nasa Jerusalem sa panahon ng
kapistahan ng Paglagpas, marami ang sumampalataya
sa kaniyang pangalan nang nakita nila ang mga tanda na
kaniyang ginawa. 24 Gayunpaman, hindi ipinagkatiwala ni
Jesus ang kaniyang sarili sa kanila dahil nakikilala niya
ang lahat ng mga tao. 25 Kaya hindi na niya kailangang
magpatotoo ang sinuman patungkol sa tao sapagkat
nalalaman niya kung ano ang nasa kalooban ng tao.

2:16 Luc 2:49
2:18 Mat 12:38
2:19 Mat 16:21; Mar 14:58; Gaw 6:14
2:21 1Co 6:19
2:22 Luc 24:5,8
2:25 Mat 9:4
3:1 Luc 23:13
3:2 Mat 23:7; Gaw 2:22
3:3 Mat 3:2

Si Jesus at Nicodemo

3 May isang lalaki sa mga Fariseo na ang pangalan ay
Nicodemo. Siya ay isang pinuno ng mga Judio. 2 Siya ay
pumunta kay Jesus nang gabi at sinabi, "Rabbi, alam namin
na ikaw ay guro na pumarito mula sa Diyos sapagkat
walang makakagawa ng mga tanda na iyong ginagawa
maliban na sumasakaniya ang Diyos."
3 Tumugon si Jesus at sinabi sa kaniya, "Katotohanan,
katotohanang sinasabi ko sa iyo, maliban na ang sinuman

* **2:19** *banal na dako*: Ito ang maliit na gusali sa gitna ng Templo na tanging ang mga saserdote lamang ang nakakapasok.

ay ipanganak na muli, hindi niya maaring makita ang
paghahari ng Diyos."
4 Itinanong ni Nicodemo sa kaniya, "Papaano maipapanganak
ang taong matanda na? Makakapasok pa ba siyang muli sa
sinapupunan ng kaniyang ina at ipanganak?"
5 Sumagot si Jesus, "Katotohanan, katotohanang sinasabi
ko sa iyo, maliban na ang tao ay ipanganak sa tubig at sa
Espiritu, hindi siya makakapasok sa paghahari ng Diyos.
6 Ang ipinanganak sa laman ay laman at ang ipinanganak sa
Espiritu ay espiritu. 7 Huwag kang magtaka na sinabi ko sa
iyo, 'Kinakailangang ipanganak kayong muli.' 8 Ang hangin
ay umiihip kung saan nito ibig. Naririnig mo ang ugong nito,
ngunit hindi mo alam kung saan ito nanggagaling at kung saan
ito pupunta. Gayundin ang bawat ipinanganak sa Espiritu."
9 Tumugon si Nicodemo at sinabi sa kaniya, "Papaano
mangyayari ang mga bagay na ito?"
10 Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, "Ikaw ay guro sa
Israel at hindi mo alam ang mga bagay na ito? 11 Katotohanan,
katotohanang sinasabi ko sa iyo, ang aming nalalaman ay
sinasabi namin. Pinatotohanan namin ang mga nakita namin,
ngunit hindi ninyo tinanggap ang aming patotoo. 12 Yamang
sinabi ko sa inyo ang mga bagay na panlupa at hindi ninyo
pinaniwalaan, paano kayo maniniwala kung sasabihin ko
ang mga makalangit na bagay? 13 Walang pumaitaas sa langit
maliban sa kaniya na bumaba mula sa langit, siya ang Anak
ng Tao na nasa langit. 14 Kung paanong itinaas ni Moises ang
ahas sa ilang, sa gayunding paraan kinakailangang itaas ang
Anak ng Tao, 15 upang ang sinumang sumampalataya sa kaniya
ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang
hanggan, 16 sapagkat sa ganitong paraan ay inibig ng Diyos ang
sangkatauhan kaya ipinagkaloob niya ang kaniyang bugtong na
Anak upang ang sinumang sumampalataya sa kaniya ay hindi
mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.
17 Hindi isinugo ng Diyos ang kaniyang anak sa sanlibutan
upang hatulan ang sanlibutan kundi upang ang sangkatauhan
ay maligtas sa pamamagitan niya.
18 "Siya na sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinahatulan
subalit ang hindi sumasampalataya ay nahatulan na sapagkat
siya ay hindi sumampalataya sa pangalan ng bugtong na
Anak ng Diyos. 19 At ito ang hatol, ang ilaw ay dumating sa
sanlibutan, ngunit inibig ng mga tao ang kadiliman nang
higit pa kaysa sa ilaw sapagkat ang kanilang mga gawa ay
masasama. 20 Ang bawat isang gumagawa ng masama ay
namumuhi sa ilaw. Hindi siya lumalapit sa ilaw upang ang
kaniyang mga gawa ay hindi malantad. 21 Siya na nagsasagawa

3:5 Gaw 22:16; Tit 3:5
3:6 1Co 15:50
3:8 1Co 2:14-16
3:10 Luc 2:46
3:13 Mat 8:20; Gaw 2:34; Efe 4:8-10; Heb 4:14
3:15 Mat 27:42; Mar 1:15; Gaw 13:39; Rom 3:22; 1Jn 5:1,5,10
3:16 Rom 5:8; 8:32; Efe 2:4; 1Jn 4:9
3:17 Mat 1:21; Luc 2:11; Rom 1:14; 1Ti 1:15; 1Jn 2:2
3:18 1Jn 4:9
3:20 Efe 5:11,13

ng katotohanan ay lumalapit sa ilaw upang makita na ang kaniyang mga gawa ay ginawa sa pamamagitan ng Diyos."

Ang Patotoo ni Juan

22 Pagkatapos ng mga bagay na ito, pumunta si Jesus at ang kaniyang mga alagad sa lupain ng Judea at nanatili siya roon kasama nila at nagbawtismo. **23** Si Juan ay nagbabawtismo rin sa Enon na malapit sa Salim sapagkat maraming tubig doon. Maraming tao ang pumaroon at nabawtismuhan **24** sapagkat hindi pa nakabilanggo noon si Juan.

25 Nagkaroon ng pagtatalu-talo patungkol sa pagdadalisay* ang mga alagad ni Juan at ang mga pinuno ng mga Judio. **26** Sila ay lumapit kay Juan at sinabi sa kaniya, "Rabbi, narito, ang kasama mo sa ibayo ng Jordan na iyong pinatotohanan ay nagbabawtismo at lahat ay pumupunta sa kaniya."

27 Tumugon si Juan at nagsabi, "Hindi makakatanggap ng anuman ang isang tao maliban na ito ay ipinagkaloob sa kaniya mula sa langit. **28** Kayo mismo ang nagpapatotoo na aking sinabi, 'Hindi ako ang Cristo' ngunit 'ako ay isinugong una sa kaniya.' **29** Ang lalaking ikakasal ang siyang may babaing ikakasal. Ang kaibigan ng lalaking ikakasal na nakatayo at nakikinig sa kaniyang tinig ay lubos na nagagalak sapagkat naririnig niya ang tinig ng lalaking ikakasal. Sa ganito ring paraan ako ay lubos na nagagalak. **30** Kinakailangang siya ay maging higit na dakila at ako ay maging higit na mababa. **31** Siya na nagmula sa itaas ay higit sa lahat. Siya na nagmula sa lupa ay taga-lupa at nagsasalita ng ukol sa lupa. Siya na nagmula sa langit ay higit sa lahat, **32** at kung anuman ang kaniyang nakita at narinig, ito ang pinatotohanan niya ngunit walang sinumang tumanggap sa kaniyang patotoo. **33** Siya na tumanggap ng kaniyang patotoo ang nagpatunay na ang Diyos ay totoo. **34** Siya na isinugo ng Diyos ay nagsasalita ng mga salita ng Diyos sapagkat ibinibigay ng Diyos ang Espiritu nang walang sukat. **35** Iniibig ng Ama ang Anak kaya ibinigay niya ang lahat ng mga bagay sa kaniyang mga kamay. **36** Siya na sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan. Ang hindi sumasampalataya sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, subalit ang poot ng Diyos ay nananatili sa kaniya."

3:23 Mat 3:1
3:24 Mat 4:12
3:26 Mat 23:7
3:29 Mat 9:15; Flp 2:2; 1Jn 1:4
3:31 1Jn 4:5
3:34 Mat 12:18; Luc 4:18; Gaw 10:38
3:35 Mat 28:18

Si Jesus at ang Samaritana

4 Nang nalaman nga ng Panginoon na narinig ng mga Fariseo na si Jesus ay gumagawa at nagbabawtismo ng higit na maraming alagad kaysa kay Juan, **2** (bagaman hindi nga mismo

* **3:25** *pagdadalisay*: Ito ay ritwal ng paghuhugas ng mga Judio.

si Jesus ang nagbabawtismo kundi ang kaniyang mga alagad),
3 umalis siya sa Judea at pumunta muli sa Galilea.
4 Ngunit kinakailangang dumaan siya sa Samaria 5 kaya
pumunta siya sa lungsod ng Samaria na tinatawag na Sicar
na malapit sa lupaing ibinigay ni Jacob sa kaniyang anak na
si Jose. 6 Naroroon ang balon ni Jacob. Dahil napagod si Jesus
sa paglalakbay kaya siya ay umupo sa tabi ng balon. Nang
ang oras noon ay mag-ikaanim* na, 7 dumating ang isang
Samaritana upang sumalok ng tubig. Sinabi ni Jesus sa kaniya,
"Bigyan mo ako ng maiinom" 8 (dahil ang kaniyang mga alagad
ay pumunta na sa lungsod upang bumili ng pagkain). 9 Kaya
sinabi sa kaniya ng Samaritana, "Papaanong ikaw, bilang
Judio, ay humihingi ng maiinom sa akin na isang Samaritana?"
Sapagkat hindi nakikipag-ugnayan ang mga Judio sa mga
Samaritano♦.
10 Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, "Kung alam mo ang
kaloob ng Diyos at kung sino siya na nagsasabi sa iyo, 'Bigyan
mo ako ng maiinom,' hihiling ka sa kaniya at ibibigay niya sa
iyo ang tubig ng buhay."
11 Sinabi ng babae sa kaniya, "Ginoo, wala ka namang
pansalok at malalim ang balon, kung gayon, mula saan ka
nagkakaroon ng tubig ng buhay? 12 Mas dakila ka ba kaysa
sa aming amang si Jacob na nagbigay sa amin ng balon? Siya
mismo ay uminom mula rito, gayundin ang kaniyang mga anak
at ang kaniyang mga alagang hayop."
13 Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, "Ang bawat isang
umiinom mula sa tubig na ito ay muling mauuhaw. 14 Subalit
ang sinumang uminom mula sa tubig na ibibigay ko sa kaniya
ay hinding-hindi mauuhaw magpakailanman. Ngunit ang tubig
na aking ibibigay sa kaniya ay magiging bukal ng tubig na
bumubukal sa buhay na walang hanggan."
15 Sinabi ng babae sa kaniya, "Ginoo, bigyan mo ako ng tubig
na ito upang hindi na ako mauuhaw, ni pumunta sa lugar na ito
upang sumalok."
16 Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Humayo ka, tawagin mo ang
iyong asawa at pumarito ka."
17 Sumagot ang babae at sinabi, "Wala akong asawa."
Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Tama ang sinabi mo, 'Wala akong
asawa' 18 sapagkat nagkaroon ka na ng limang asawa at siya
na kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa. Totoo itong
sinabi mo."
19 Sinabi ng babae sa kaniya, "Ginoo, sa pagkakaunawa ko,
ikaw ay isang propeta. 20 Ang aming mga ninuno ay sumamba

4:3 Luc 7:13
4:4 Mat 10:5
4:9 Mat 10:5
4:10 Pah 7:17
4:14 Mat 25:46
4:19 Mat 21:11
4:20 Luc 9:53

* **4:6** *mag-ikaanim*: Ito ay mag-iikalabindalawa ng tanghali sa ating oras.

sa bundok na ito, ngunit sinasabi ninyo na ang lugar kung saan
dapat sumamba ay sa Jerusalem."
21 Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ginang, maniwala ka sa akin
sapagkat darating ang oras na hindi sa bundok na ito, ni sa
Jerusalem ninyo sasambahin ang Ama. **22** Sinasamba ninyo ang
hindi ninyo kilala. Kilala namin ang aming sinasamba sapagkat
ang kaligtasan ay sa mga Judio. **23** Subalit darating ang oras,
at ngayon na, na ang mga tunay na mananamba ay sasamba sa
Ama sa espiritu at sa katotohanan sapagkat hinahanap ng Ama
ang mga sumasamba sa kaniya sa gayong paraan. **24** Ang Diyos
ay Espiritu at sila na sumasamba sa kaniya ay dapat sumamba
sa espiritu at sa katotohanan."
25 Sinabi ng babae sa kaniya, "Alam ko na ang Mesiyas♦ ay
darating," (yaong tinatawag na Cristo). "Sa kaniyang pagdating,
kaniyang ipapahayag sa amin ang lahat ng mga bagay."
26 Sinabi sa kaniya ni Jesus, "Ako iyon, ang nagsasalita sa
iyo."

4:21 1Ti 2:8
4:22 Rom 3:1-2
4:23 Flp 3:3
4:24 Flp 3:3
4:25 Mat 1:16
4:29 Mat 12:23
4:31 Mat 23:7
4:32 Mat 4:4
4:34 Mat 26:39
4:35 Mat 9:37; Luc 10:2
4:36 Mat 25:46; Rom 1:13

Si Jesus at ang mga Alagad

27 At sa sandaling iyon, dumating ang kaniyang mga alagad
at namangha na siya ay nakikipag-usap sa babae. Gayunpaman
walang sinumang nagsabi, "Ano ang iyong hinahanap?" o,
"Bakit ka nakikipag-usap sa kaniya?"
28 Kaya iniwan ng babae ang kaniyang banga at pumunta sa
lungsod at sinabi sa mga tao, **29** "Halikayo! Tingnan ninyo ang
tao na nagsabi sa akin ng lahat ng mga bagay na ginawa ko,
hindi ba ito ang Cristo?" **30** Lumabas nga sila mula sa lungsod at
pumunta kay Jesus.
31 Samantala, sa mga sandaling iyon, pinakikiusapan siya ng
mga alagad na nagsasabi, "Rabbi, kumain ka."
32 Ngunit sinabi niya sa kanila, "Ako ay mayroong pagkaing
kakainin na hindi ninyo alam."
33 Kaya sinabi ng mga alagad sa isa't isa, "May nagdala ba sa
kaniya ng makakain?"
34 Sinabi ni Jesus sa kanila, "Ang aking pagkain ay ang
gawin ang kalooban ng nagsugo sa akin at tapusin ang
kaniyang gawain. **35** Hindi ba sinasabi ninyo, 'Apat na buwan
pa at darating na ang tag-ani?' Narito, sinasabi ko sa inyo,
itanaw ninyo ang inyong mga paningin at pagmasdang
mabuti ang mga bukid sapagkat ang mga ito ay maputi
na para sa anihan. **36** Siya na nag-aani ay tumatanggap ng
kabayaran at nag-iipon ng bunga patungo sa buhay na walang
hanggan, upang siya na naghahasik, gayundin siya na nag-
aani ay kapwa magalak. **37** Dahil dito, totoo ang kasabihan,
'Iba ang naghahasik at iba ang nag-aani.' **38** Isinugo ko

kayo upang anihin ang hindi ninyo pinagpaguran. Ibang
tao ang nagpagod at kayo ay pumasok sa kanilang
pinagpaguran."
39 Marami sa mga Samaritano sa lungsod na iyon ang
sumampalataya sa kaniya sa pamamagitan ng salita
ng babaing nagpatotoo ng ganito, "Sinabi niya sa akin
ang lahat ng anumang aking ginawa." 40 Kaya nang
pumunta sa kaniya ang mga Samaritano, hiniling nilang
siya ay manatili na kasama nila at siya ay nanatili roon
ng dalawang araw. 41 At higit pang marami ang mga
nagsisampalataya dahil sa kaniyang salita.
42 Sinabi nila sa babae, "Sumasampalataya kami
hindi dahil sa sinabi mo, sapagkat kami na mismo ang
nakarinig at aming naunawaan na ito nga ang Cristo, ang
Tagapagligtas ng sangkatauhan."

Pinagaling ang Anak ng Pinuno

43 Ngunit pagkaraan ng dalawang araw, umalis
siya roon at pumunta sa Galilea 44 sapagkat si Jesus
mismo ang nagpatotoo na ang isang propeta ay walang
karangalan sa kaniyang sariling bayan. 45 Kaya nang siya
ay dumating sa Galilea, tinanggap siya ng mga taga-
Galilea na nakakita sa lahat ng mga bagay na kaniyang
ginawa sa kapistahan sa Jerusalem, sapagkat sila rin ay
pumunta sa kapistahan.
46 Si Jesus ay muling pumunta sa Cana ng Galilea
kung saan ay ginawa niyang alak ang tubig. Naroroon
ang isang opisyal ng hari na ang kaniyang anak na
lalaki, na nasa Capernaum, ay maysakit. 47 Pagkarinig
niya na si Jesus ay dumarating sa Galilea mula sa Judea,
pumunta siya kay Jesus at hiniling na siya ay pumunta at
pagalingin ang kaniyang anak na lalaki na malapit nang
mamatay. 48 Kaya sinabi sa kaniya ni Jesus, "Maliban
na makakita kayo ng mga tanda at mga kamangha-
manghang gawa, hinding-hindi kayo sasampalataya."
49 Sinabi sa kaniya ng opisyal ng hari, "Ginoo,
pumunta ka na bago mamatay ang aking batang anak."
50 Sinabi sa kaniya ni Jesus, "Humayo ka, buhay ang
anak mong lalaki." Sinampalatayanan ng lalaki ang
salitang sinabi ni Jesus sa kaniya at siya ay umalis.
51 Nang siya ay paparating na, sinalubong siya ng
kaniyang mga alipin at ibinalita nila na sinasabi, "Buhay
ang iyong anak!"
52 Tinanong niya sila kung anong oras siyang bumuti.
Kanilang sinabi sa kaniya, "Kahapon nang ikapitong

4:42 Luc 2:11
4:44 Mat 13:57; Luc 4:24
4:48 Gaw 2:43; Rom 15:19; 2Co 12:12; Heb 2:4

oras* nawala ang kaniyang lagnat." 53Kaya nalaman
ng ama na sa ganoong oras nang sinabi ni Jesus sa
kaniya, "Ang iyong anak na lalaki ay buhay." Kaya siya ay
sumampalataya at ang kaniyang buong sambahayan.
54Muli, ito ang ikalawang tanda na ginawa ni Jesus sa
kaniyang pagdating sa Galilea mula sa Judea.

Pinagaling ni Jesus ang Isang Lalaki

5 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay ang kapistahan ng mga
Judio, kaya si Jesus ay umahon papunta sa Jerusalem. 2Sa
Jerusalem ay may malaking paliguan sa tabi ng Tarangkahan
ng Tupa na tinatawag sa wikang Hebreo♦ na Betesda† na may
limang portiko‡. 3Ipinapahiga rito ang lubhang napakaraming
may mga kapansanan, mga bulag, mga pilay at mga
nanunuyot§, na naghihintay ng paggalaw ng tubig 4sapagkat
may panahon na lumulusong ang isang anghel sa malaking
paliguan at ginagalaw ang tubig. Kaya ang unang makalusong
pagkatapos na magalaw ang tubig ay gumagaling sa anumang
karamdamang nagpapahirap sa kaniya. 5Naroroon ang isang
lalaki na tatlumpu't walong taon nang maysakit. 6Nang siya
ay nakita ni Jesus na nakahiga at alam niya na matagal nang
panahong siya ay may kapansanan, sinabi niya sa kaniya, "Nais
mo bang gumaling?"

4:53 Gaw 11:14
5:2 Gaw 21:40
5:8 Mat 9:5-6
5:9 Mat 12:1-14
5:10 Mat 12:2
5:14 Mar 2:5

7Sumagot sa kaniya ang may kapansanan, "Ginoo, walang
taong magdadala sa akin sa malaking paliguan sa tuwing
mapapagalaw ang tubig. At habang ako ay papunta, lumulusong
na ang ibang nauuna sa akin."
8Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Bumangon ka, dalhin mo ang
iyong higaan at lumakad ka." 9Kaya kaagad na gumaling
ang lalaki at dinala ang kaniyang higaan at naglakad-lakad,
bagaman ang araw na iyon ay Sabat♦. 10Sinabi nga ng mga Judio
sa kaniya na pinagaling na, "Ito ay araw ng Sabat. Hindi ka
pinahihintulutang magdala ng higaan."
11Sumagot siya sa kanila, "Siya na nagpagaling sa akin
ang siyang nagsabi sa akin, 'Dalhin mo ang iyong higaan at
lumakad ka.' "
12Kaya siya ay tinanong nila, "Sino ang lalaking nagsabi sa
iyo, 'Dalhin mo ang iyong higaan at lumakad ka'?" 13Ngunit
hindi nakilala ng pinagaling kung sino ang nagpagaling sa
kaniya dahil si Jesus ay humiwalay na sa maraming tao na nasa
lugar na iyon. 14Pagkatapos ng mga bagay na ito ay natagpuan

* **4:52** *ikapitong oras*: Ito ay ika-isa ng hapon.
† **5:2** *Betesda*: Ang ibig sabihin ay bahay ng kahabagan.
‡ **5:2** *portiko*: Ito ay gusaling may bubong na maaring manatili doon ang mga tao lalo na ang mga maysakit kung hindi maganda ang panahon.
§ **5:3** *nanunuyot*: Ito ay hawig sa paralitiko.

siya ni Jesus sa templo at sinabi sa kaniya, “Narito, ikaw ay
magaling na. Huwag ka nang magkasala pa upang walang
anumang higit na malubhang bagay ang mangyayari sa iyo.”
15Umalis ang lalaki at ipinamalita sa mga Judio na si Jesus
ang nagpagaling sa kaniya.

Ang Buhay sa Pamamagitan ng Anak

16Dahil dito ay pinagmamalupitan ng mga Judio si Jesus at
siya ay kanilang hinahanap upang patayin sapagkat ginagawa
niya ang mga bagay na ito sa araw ng Sabat. 17Ngunit sumagot
si Jesus sa kanila, “Ang aking Ama ay gumagawa hanggang sa
kasalukuyan at ako ay gumagawa.”
18Dahil dito, lalo siyang pinaghahanap ng mga Judio
upang patayin sapagkat hindi lamang niya nilabag ang araw
ng Sabat kundi tinawag pa niya ang Diyos na kaniyang
Ama, na ginagawang kapantay ang kaniyang sarili sa Diyos.
19Kaya sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, “Katotohanan,
katotohanang sinasabi ko sa inyo, hindi makakagawa ng
anuman ang Anak sa kaniyang sarili maliban sa anumang
nakikita niyang ginagawa ng Ama, sapagkat anumang mga
bagay na ginagawa niya ay gayundin naman ang ginagawa ng
Anak. 20Sapagkat minamahal ng Ama ang Anak at ipinapakita
sa kaniya ang lahat ng kaniyang ginagawa. Ipapakita niya sa
kaniya ang mga dakilang gawa higit sa mga ito upang kayo
ay mamangha. 21At kung paanong ibinabangon at binubuhay
ng Ama ang mga patay ay binubuhay rin naman ng Anak ang
sinumang ninanais niya. 22Sapagkat hindi humahatol ang Ama
sa sinuman, ngunit ang lahat ng paghatol ay ibinigay sa Anak
23upang maparangalan ng lahat ang Anak kung paano nila
pinaparangalan ang Ama. Ang hindi nagpaparangal sa Anak ay
hindi nagpaparangal sa Ama na nagsugo sa kaniya.
24“Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, siya na
dumirinig sa aking salita at sumasampalataya sa kaniya na
nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan at hindi
pupunta sa paghatol kundi lumipat na mula sa kamatayan
patungo sa buhay. 25Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa
inyo na ang oras ay darating, at ito ay ngayon na, na maririnig
ng mga patay ang tinig ng Anak ng Diyos at sila na nakarinig
ay mabubuhay 26sapagkat kung paanong ang Ama ay mayroong
buhay sa kaniyang sarili, sa gayon ding paraan ay ipinagkaloob
niya sa Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili. 27Ang
kapamahalaan ay ipinagkaloob din sa kaniya upang magsagawa
ng paghatol sapagkat siya ay Anak ng Tao. 28Huwag kayong
mamangha sa bagay na ito sapagkat darating ang oras na ang
lahat niyaong nasa mga libingan ay makakarinig ng kaniyang

5:17 Luc 2:49
5:18 Mat 12:14
5:21 Rom 4:17; 2Co 1:9; Heb 11:19
5:22 Gaw 10:42
5:23 Luc 10:16; 1Jn 2:23
5:24 Mat 10:40; 25:46; 1Jn 3:14

tinig, 29at sila na gumawa ng mabuti ay babangon patungo sa
muling pagkabuhay sa buhay na walang hanggan, subalit sila
na mga gumawa ng masama ay babangon patungo sa muling
pagkabuhay sa kahatulan. 30Hindi ako makakagawa ng anuman
na mula sa aking sarili. Ako ay humahatol ayon sa naririnig ko
at ang aking hatol ay matuwid sapagkat hindi ko hinahangad
ang aking kalooban kundi ang kalooban ng Ama na nagsugo sa
akin.

Mga Patotoo Patungkol kay Jesus

31"Kung ako ay magpapatotoo patungkol sa aking sarili, ang
aking patotoo♦ ay hindi totoo. 32Mayroong iba na nagpapatotoo
patungkol sa akin at alam ko na totoo ang patotoong
pinatotohanan niya patungkol sa akin. 33Kayo ay nagsugo kay
Juan at siya ay nagpatotoo sa katotohanan. 34Subalit hindi
ako tumatanggap ng patotoo mula sa tao, ngunit sinasabi ko
ang mga bagay na ito upang kayo ay maligtas. 35Siya ang
nagniningas at nagliliwanag na ilawan, at ninais ninyong
lubhang magalak sa kaniyang liwanag sa maikling panahon.
36Subalit mayroon akong patotoo na lalong dakila kaysa kay
Juan sapagkat ang mga gawain na ipinagkaloob sa akin ng
Ama na aking ganapin, ang mga gawaing ito mismo na aking
ginagawa, ay nagpapatotoo patungkol sa akin na ang Ama
ang nagsugo sa akin. 37Ang Ama mismo na nagsugo sa akin
ang nagpatotoo patungkol sa akin. Kailanman ay hindi ninyo
narinig ang kaniyang tinig, ni nakita man ang kaniyang anyo.
38Hindi ninyo pinapanatili ang kaniyang salita sa inyo sapagkat
siya na kaniyang sinugo ay hindi ninyo sinasampalatayanan.
39Sinasaliksik ninyo ang mga Kasulatan♦ sapagkat iniisip
ninyong sa mga iyon kayo ay may buhay na walang hanggan,
at ang mga iyon ang nagpapatotoo patungkol sa akin, 40ngunit
hindi ninyo ninanais na lumapit sa akin upang kayo ay
magkaroon ng buhay.

41"Hindi ako tumatanggap ng kaluwalhatian mula sa mga
tao. 42Subalit kilala ko na kayo, na wala sa inyong mga sarili
ang pag-ibig ng Diyos. 43Pumarito ako sa pangalan ng aking
Ama at hindi ninyo ako tinanggap. Kapag may ibang pumarito
sa kaniyang sariling pangalan, siya ang inyong tatanggapin.
44Papaano kayo makakasampalataya, kayo na tumatanggap
ng kaluwalhatian sa isa't isa ngunit hindi ninyo hinahanap
ang kaluwalhatiang mula sa iisang Diyos? 45Huwag ninyong
isiping pararatangan ko kayo sa Ama. Ang isang nagpaparatang
sa inyo ay si Moises na siya ninyong inasahan 46dahil kung
nananampalataya kayo kay Moises, nananampalataya rin
kayo sa akin sapagkat siya yaong sumulat patungkol sa akin.

5:29 Mat 25:46
5:30 Mat 26:39
5:34 Gaw 16:30-31; Efe 2:8; Tit 3:5; 1Jn 5:9
5:35 2Pe 1:19
5:36 1Jn 5:9
5:37 1Ti 1:17
5:38 1Jn 1:10
5:39 Mat 25:46; Luc 24:27, 44; Gaw 13:27; Rom 2:17-18
5:44 Rom 2:29
5:45 Rom 2:17
5:46 Luc 24:27, 44; Gaw 26:22

47 Ngunit kung hindi ninyo sinasampalatayanan ang kaniyang
mga sulat, paano ninyo sasampalatayanan ang aking mga
salita?"

Pinakain ang Limang Libo

Mat 14:13-21; Mar 6:30-44; Luc 9:10-17

6 Pagkatapos ng mga bagay na ito, pumunta si Jesus sa
kabilang ibayo ng dagat ng Galilea, ito ang dagat ng
Tiberias. 2 Nagsisunod sa kaniya ang lubhang napakaraming
tao dahil nakikita nila ang mga tanda na ginagawa niya sa
mga may karamdaman. 3 Ngunit umakyat si Jesus sa bundok
at naupo siya roon kasama ng kaniyang mga alagad. 4 Noon
ay malapit na ang Paglagpas♦, ang kapistahan ng mga Judio.
5 Kaya nang itinanaw ni Jesus ang kaniyang mga mata at
napagmasdan ang lubhang napakaraming taong paparating
sa kaniya, sinabi niya kay Felipe, "Saan tayo bibili ng mga
tinapay upang makakain ang mga taong ito?" 6 Subalit sinabi
niya ito upang subukin siya sapagkat alam ni Jesus kung
ano ang dapat niyang gawin. 7 Sumagot si Felipe sa kaniya,
"Ang dalawandaang denaryong° halaga ng tinapay ay hindi
makakasapat sa kanila upang makatanggap ng kaunti ang
bawat isa sa kanila." 8 Isa sa kaniyang mga alagad, si Andres
na kapatid ni Simon Pedro, ay nagsabi sa kaniya, 9 "May
isang batang lalaki rito na may limang tinapay na sebada♦ at
dalawang isda, ngunit ano ang mga ito sa napakaraming tao?"
10 Gayunpaman ay sinabi ni Jesus, "Paupuin ninyo ang mga
tao." Madamo sa dakong iyon kaya umupo ang mga lalaki na
ang bilang ay halos limang libo. 11 At kinuha ni Jesus ang mga
tinapay at nang siya ay nakapagpasalamat, ipinamahagi niya
sa mga alagad at ipinamahagi naman ng mga alagad sa mga
nakaupo, gayundin ang mga isda, gaano man ang gustuhin nila.
12 At nang sila ay nabusog, sinabi niya sa kaniyang mga alagad,
"Ipunin ninyo ang mga lumabis na mga piraso upang walang
anumang masayang." 13 Kaya inipon nila at napuno nila ang
labindalawang bakol ng mga piraso mula sa limang tinapay na
sebada na lumabis sa mga nakakain na. 14 Kaya ang mga taong
nakakita ng tanda na ginawa ni Jesus ay nagsabi, "Totoong ito
na ang propetang darating sa sanlibutan."

15 Nang nalaman nga ni Jesus ang binabalak nilang paglapit
at pagsunggab sa kaniya upang gawin siyang hari, siya ay
muling umalis na nag-iisa patungo sa bundok.

Lumakad si Jesus sa Ibabaw ng Tubig

Mat 14:22-33; Mar 6:45-56

16 At nang sumapit na ang takipsilim, lumusong sa dagat ang

5:47 Mat 13:17; Luc 16:29,31
6:11 Mat 14:19
6:14 Mat 11:3
6:15 Mat 14:23; Mar 6:46

kaniyang mga alagad 17at sila ay sumakay sa bangka papunta
sa kabilang ibayo ng dagat patungo sa Capernaum. Noon ay
madilim na at hindi pa dumating si Jesus sa kanila. 18Umihip
ang napakalakas na hangin sa dagat kaya lumaki ang mga alon.
19Kaya nang nakapagsagwan na sila ng may dalawampu't lima
o tatlumpong estadya°, nakita nila si Jesus na lumalakad sa
ibabaw ng dagat papalapit sa bangka at sila ay natakot. 20Ngunit
sinabi niya sa kanila, "Ako ito, huwag kayong matakot." 21Kaya
siya ay malugod nilang tinanggap sa bangka at dumating
kaagad ang bangka sa lupa kung saan sila papunta.

22Kinabukasan, nakita ng mga taong nakatayo sa kabilang
ibayo ng dagat na walang ibang bangka roon maliban sa isa na
sinakyan ng kaniyang mga alagad. Alam nilang hindi sumama
si Jesus sa kaniyang mga alagad sa bangka, sa halip ay ang
kaniyang mga alagad lamang ang umalis. 23Gayunpaman,
may ibang mga bangkang dumating mula sa Tiberias, malapit
sa lugar kung saan sila kumain ng tinapay pagkatapos
magpasalamat ang Panginoon. 24Kaya nang nakita ng mga tao
na si Jesus ay wala roon, ni ang kaniyang mga alagad, sila ay
sumakay rin sa mga bangka at pumunta sa Capernaum upang
hanapin si Jesus.

6:20 Mat 14:27
6:25 Mat 23:7
6:27 Mat 8:20; 25:46; Rom 4:11; 1Co 9:2; 2Co 1:22; Efe 1:13; 2Ti 2:19; Pah 7:3
6:30 Mat 12:38

Si Jesus ang Tinapay ng Buhay

25Nang natagpuan nila siya sa kabilang ibayo ng dagat,
sinabi nila sa kaniya, "Rabbi, kailan ka pumunta rito?"
26Sumagot si Jesus sa kanila at sinabi, "Katotohanan,
katotohanang sinasabi ko sa inyo, hinahanap ninyo ako hindi
dahil nakita ninyo ang mga tanda kundi dahil kayo ay kumain
mula sa mga tinapay at nabusog. 27Huwag kayong magpagal
para sa pagkaing nasisira kundi para sa pagkaing nananatili
sa buhay na walang hanggan na ibibigay sa inyo ng Anak
ng Tao sapagkat siya ang tinatakan ng Diyos Ama." 28Kaya
sinabi nila sa kaniya, "Ano ang dapat naming gawin upang
aming magawa ang mga gawa ng Diyos?" 29Sumagot si Jesus
at sinabi sa kanila, "Ito ang gawa ng Diyos, na dapat kayong
sumampalataya sa kaniya na isinugo ng Ama." 30Kaya sinabi
nila sa kaniya, "Ano ngayon ang tanda na iyong gagawin na
dapat naming makita at dapat naming sampalatayanan sa iyo?
Ano ang gagawin mo? 31Ang mga ninuno natin ay kumain ng
manna♦ sa ilang katulad ng nasusulat, 'Sila ay binigyan niya ng
tinapay na mula sa langit upang kainin.' "

Awi 78:24

32Kaya sinabi ni Jesus sa kanila, "Katotohanan, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng
tinapay na mula sa langit kundi ang aking Ama ang nagbibigay

sa inyo ng tunay na tinapay mula sa langit. 33Sapagkat
ang tinapay ng Diyos ay siya na bumaba mula sa langit at
nagbibigay ng buhay sa sangkatauhan." 34Sinabi nila sa kaniya,
"Panginoon, bigyan mo kami palagi ng tinapay na ito."

35At sinabi ni Jesus sa kanila, "Ako ang tinapay ng buhay.
Siya na lumalapit sa akin ay hinding-hindi na magugutom at
siya na sumasampalataya sa akin ay hinding-hindi na mauuhaw
kailanman. 36Subalit sinabi ko sa inyo na ako ay nakita na rin
ninyo ngunit hindi kayo sumasampalataya. 37Ang lahat ng
ibinibigay sa akin ng Ama ay lalapit sa akin at siya na lumalapit
sa akin ay hinding-hindi ko itataboy. 38Sapagkat ako ay bumaba
mula sa langit hindi upang magawa ang sarili kong kalooban
kundi ang kalooban niya na nagsugo sa akin. 39Ito ang
kalooban ng Ama na nagsugo sa akin na ang lahat ng ibinigay
niya sa akin, walang sinuman ang aking maiwala kundi
ibabangon ko siya sa huling araw. 40Ito ang kalooban niya na
nagsugo sa akin na ang lahat na nagmamasid nang mabuti sa
Anak at sumasampalataya sa kaniya ay magkakaroon ng buhay
na walang hanggan at ibabangon ko siya sa huling araw."

41Kaya ang mga Judio ay bumubulung-bulong patungkol
sa kaniya sapagkat sinabi niya, "Ako ang tinapay na bumaba
mula sa langit." 42Sinabi nila, "Hindi ba ito si Jesus, ang anak
ni Jose na ang kaniyang ama at ina ay kilala natin? Kaya
papaanong sinasabi ng isang ito, 'Ako ay bumaba mula sa
langit'?" 43Sumagot nga si Jesus at sinabi sa kanila, "Huwag
kayong magbulung-bulungan sa isa't isa. 44Walang sinumang
makakalapit sa akin maliban na ilapit siya ng Ama na nagsugo
sa akin. Siya ay ibabangon ko sa huling araw. 45Nakasulat sa
aklat ng mga propeta, 'At silang lahat ay tuturuan ng Diyos.'
Isa 54:13
Kaya nga ang bawat isa na nakarinig sa Ama at natuto ay
lalapit sa akin. 46Hindi dahil nakita ng sinuman ang Ama
maliban sa kaniya na mula sa Diyos, siya ang nakakita sa
Ama. 47Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, siya na
sumasampalataya sa akin ay may buhay na walang hanggan.
48Ako ang tinapay ng buhay. 49Ang inyong mga ninuno
ay kumain ng manna sa ilang at sila ay namatay na. 50Ito
ang tinapay na bumaba mula sa langit upang ang sinumang
makakain nito ay hindi mamamatay. 51Ako ang tinapay na
buhay na bumaba mula sa langit. Kung sinuman ang makakain
ng tinapay na ito ay mababuhay magpakailanman, at ang
tinapay na ibibigay ko ay ang aking laman, na ibibigay ko
alang-alang sa buhay ng sangkatauhan."

52Kaya nagtalu-talo ang mga Judio sa isa't isa na nagsasabi,
"Papaano niya ibibigay sa atin ang kaniyang laman upang

6:38 Mat 26:39
6:40 Mat 25:46
6:42 Luc 4:22
6:45 1Co 2:13; 1Te 4:9; Heb 8:10-11; 1Jn 2:27
6:47 Mat 25:46
6:51 Heb 10:10

kainin?" 53 Sinabi ni Jesus sa kanila, "Katotohanan,
katotohanang sinasabi ko sa inyo, maliban na makakain
kayo ng laman ng Anak ng Tao at makainom ng kaniyang
dugo, wala kayong buhay sa inyong mga sarili. 54 Siya na
kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay
mayroong buhay na walang hanggan at ibabangon ko siya sa
huling araw 55 sapagkat ang aking laman ay totoong pagkain
at ang aking dugo ay totoong inumin. 56 Siya na kumakain
ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananatili
sa akin at ako sa kaniya. 57 Kung paanong ako ay isinugo
ng buhay na Ama at ako ay nabubuhay dahil sa Ama, sa
gayunding paraan, siya na kumakain sa akin ay mabubuhay
dahil sa akin. 58 Ang tinapay na ito na bumaba mula sa
langit ay hindi katulad ng manna na kinain ng inyong mga
ninuno at namatay. Siya na kumakain ng tinapay na ito ay
mabubuhay magpakailanman." 59 Sinabi niya ang mga bagay
na ito nang siya ay nagtuturo sa sinagoga♦ sa Capernaum.

6:53 Mat 8:20; 26:26,28
6:56 1Jn 2:24
6:61 Mat 13:57
6:62 Mat 8:20; Mar 16:19
6:63 2Co 3:6
6:64 Mat 10:4
6:65 Mat 13:11
6:67 Mat 10:2
6:68 Mat 16:16; 25:46
6:69 Mar 1:24; Luc 9:20
6:71 Mat 10:4; 26:14

Mga Alagad na Tumalikod kay Jesus

60 Kaya nang narinig nila ang mga ito, marami
sa kaniyang mga alagad ang nagsabi, "Mahirap ang
pananalitang ito. Sino ang makakaunawa nito?" 61 Ngunit
dahil alam ni Jesus sa kaniyang sarili na nagbubulung-
bulungan ang kaniyang mga alagad patungkol dito, sinabi
niya sa kanila, "Nakakatisod ba ito sa inyo? 62 Ano pa kaya
kung mamamasdan ninyo ang Anak ng Tao na pumapaitaas
sa dati niyang kinaroroonan? 63 Ang Espiritu ang nagbibigay
buhay, ang laman ay walang napapakinabangang anuman.
Ang mga salitang sinasabi ko sa inyo ay espiritu at ito
ay buhay. 64 Subalit mayroong ilan sa inyo na hindi
sumasampalataya." Sapagkat alam na ni Jesus mula sa
simula kung sino ang mga hindi sumasampalataya at kung
sino ang magkakanulo sa kaniya. 65 At sinabi niya, "Dahil
dito, sinabi ko na sa inyo na walang sinumang makakalapit
sa akin maliban na ito ay naipagkaloob na sa kaniya mula sa
aking Ama."

66 Mula noon marami sa kaniyang mga alagad ang
tumalikod at hindi na lumakad kasama niya. 67 Kaya
sinabi ni Jesus sa labindalawa, "Hindi ba nais din ninyong
umalis?" 68 Sumagot sa kaniya si Simon Pedro, "Panginoon,
kanino kami sasama? Nasa iyo ang mga salita ng buhay
na walang hanggan. 69 Kami ay sumampalataya at alam na
namin na ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay."
70 Sumagot sa kanila si Jesus, "Hindi ba labindalawa kayong
pinili ko at ang isa sa inyo ay diyablo♦?" 71 Ang tinutukoy

niya ay si Judas na taga-Keriot na anak ni Simon sapagkat
siya ang magkakanulo sa kaniya. Siya ay isa sa labindalawa.

Ang Kapistahan ng mga Tabernakulo

7 Pagkatapos ng mga bagay na ito, naglakad si Jesus sa
Galilea dahil ang mga Judio ay naghahanap ng pagkakataon
upang siya ay patayin. **2**Noon ay malapit na ang Kapistahan
ng mga Tabernakulo ng mga Judio. **3**Kaya sinabi sa kaniya
ng mga kapatid niya, "Umalis ka rito at pumunta ka sa Judea
upang makita ng iyong mga alagad ang mga gawaing iyong
ginagawa **4**sapagkat walang sinuman ang gumagawa ng
anuman sa lihim at nagnanais na makilala ng hayagan. Kung
ginagawa mo ang mga bagay na ito, ipakilala mo ang iyong
sarili sa sangkatauhan" **5**sapagkat kahit ang kaniyang mga
kapatid ay hindi nananampalataya sa kaniya. **6**Sinabi nga ni
Jesus sa kanila, "Ang aking panahon ay hindi pa sa ngayon
subalit ang inyong panahon ay palaging nakahanda. **7**Hindi
kayo makakayang kamuhian ng sangkatauhan, ngunit ito ay
namumuhi sa akin sapagkat nagpapatotoo ako laban dito dahil
ang mga gawa nito ay masama. **8**Pumunta kayo sa kapistahang
ito. Hindi pa ako pupunta sa kapistahang ito dahil ang aking
panahon ay hindi pa naging ganap." **9**Pagkasabi niya ng mga
bagay na ito sa kanila, nanatili siya sa Galilea.

10Ngunit pagkaalis ng kaniyang mga kapatid, saka rin siya
pumunta sa kapistahan nang hindi hayagan kundi nang palihim.
11Kaya hinanap siya ng mga Judio sa kapistahan at sinabi nila,
"Nasaan siya?" **12**Nagkaroon ng matinding bulung-bulungan sa
mga tao patungkol sa kaniya. Sinabi ng iba, "Siya ay mabuting
tao." Ngunit ang sinasabi ng iba, "Hindi, sa halip ay kaniyang
inililigaw ang mga tao." **13**Magkagayon man, walang nagsalita
ng hayagan patungkol sa kaniya dahil sa takot sa mga Judio.

Nagturo si Jesus sa Templo

14Nang nasa kalagitnaan na ang kapistahan, umahon si Jesus
sa Templo at nagturo. **15**Namangha ang mga Judio na nagsasabi,
"Papaanong natutong magbasa ang taong ito na hindi nakapag-
aral?" **16**Sumagot si Jesus sa kanila at sinabi, "Ang aking
katuruan ay hindi sa akin kundi sa kaniya na nagsugo sa
akin. **17**Kung ang sinuman ay nagnanais gumawa ng kaniyang
kalooban, malalaman niya ang patungkol sa katuruan, kung
ito ay mula sa Diyos o kung ako ay nagsasalita mula sa aking
sarili. **18**Siya na nagsasalita nang mula sa kaniyang sarili ay
naghahangad ng pansariling kaluwalhatian subalit siya na ang
hinahangad ay ang kaluwalhatian ng nagsugo sa kaniya, siya
ang totoo at walang kalikuan sa kaniya. **19**Hindi ba ibinigay

7:1 Mat 12:14
7:3 Mat 12:46
7:5 Mar 3:21
7:6 Mat 26:18
7:8 Mat 26:18
7:14 Mat 26:55
7:15 Mat 13:54; Gaw 26:24
7:19 Mat 12:14

sa inyo ni Moises ang Kautusan, ngunit wala kahit isa sa inyo
ang nagsasagawa ng Kautusan? Bakit hinahanap ninyo ako
upang patayin?" 20Sumagot ang mga tao at sinabi, "Ikaw ay
mayroong demonyo. Sino ang naghahanap sa iyo upang patayin
ka?" 21Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, "Isang gawa ang
aking ginawa at kayong lahat ay namangha. 22Sa pamamagitan
nito, ibinigay ni Moises sa inyo ang pagtutuli (hindi dahil ito
ay nagmula kay Moises kundi mula sa inyong mga ninuno) at
sa Sabat ninyo tinutuli ang isang lalaki. 23Kung ang lalaki ay
tumatanggap ng pagtutuli sa Sabat upang huwag malabag ang
Kautusan ni Moises, nagagalit ba kayo sa akin dahil pinagaling
ko ang isang lalaki sa Sabat? 24Huwag kayong humatol ayon sa
panlabas na anyo kundi humatol kayo ng matuwid na paghatol."

Si Jesus ba ang Mesiyas?

25Sinabi ng ilang taga-Jerusalem, "Hindi ba siya itong
hinahanap nila upang patayin? 26Narito, siya ay hayagang
nagsasalita at wala silang anumang sinasabi sa kaniya. Totoo
kayang kinikilala na ng mga pinuno na ito na ang totoong
Cristo? 27Ngunit alam natin kung saan nagmula ang taong ito.
Subalit kapag dumating ang Cristo, walang makakaalam kung
saan siya nagmula." 28Kaya sumigaw si Jesus sa templo na
nagtuturo at nagsasabi, "Kilala ninyo ako at alam ninyo ang
aking pinagmulan. Hindi ako pumarito sa aking sarili, ngunit
ang nagsugo sa akin na hindi ninyo kilala ay totoo. 29Subalit
kilala ko siya sapagkat ako ay mula sa kaniya at siya ang
nagsugo sa akin." 30Kaya sila ay naghahanap ng pagkakataon
upang dakpin siya, ngunit walang humuli sa kaniya sapagkat
hindi pa dumating ang kaniyang oras. 31Marami sa mga tao ang
sumampalataya sa kaniya at nagsasabi, "Kapag dumating ang
Cristo, gagawa ba siya ng higit na maraming tanda kaysa sa
ginawa ng lalaking ito?"

32Narinig ng mga Fariseo ang mga bagay na pinagbulung-
bulungan ng mga tao patungkol sa kaniya kaya ang mga Fariseo
at ang mga punong saserdote♦ ay nagsugo ng mga opisyal upang
madakip siya. 33Kaya sinabi ni Jesus sa kanila, "Makakasama
pa ninyo ako ng maikling panahon at ako ay pupunta sa kaniya
na nagsugo sa akin. 34Hahanapin ninyo ako ngunit hindi
ninyo ako matatagpuan at kung nasaan ako ay hindi kayo
makakapunta." 35Kaya sinabi ng mga Judio sa isa't isa, "Saan
ba siya pupunta na hindi natin siya matatagpuan? Hindi ba siya
pupunta sa mga Judio na nangalat sa mga Griyego at turuan
ang mga Griyego? 36Ano ang salitang ito na kaniyang sinabi,
'Hahanapin ninyo ako ngunit hindi ninyo ako matatagpuan at
kung nasaan ako ay hindi kayo makakapunta.'"

7:20 Mar 3:22
7:24 2Co 10:7
7:25 Mat 12:14
7:27 Mat 13:55; Luc 4:22
7:29 Mat 11:27
7:30 Mat 26:18

37 Ngunit sa huling araw, sa dakilang araw ng kapistahan,
tumayo si Jesus at sumigaw na nagsasabi, “Kung sinuman
ay nauuhaw, lumapit siya sa akin at uminom. 38 Siya na
sumasampalataya sa akin, ayon sa sinabi ng Kasulatan♦, ‘mula
sa kaniyang kalooban ay dadaloy ang mga ilog ng tubig na
buhay.’” 39 Sinabi niya ito patungkol sa Espiritu na tatanggapin
ng mga sumasampalataya sa kaniya dahil hindi pa naibigay ang
Banal na Espiritu sapagkat si Jesus ay hindi pa naluwalhati.
40 Kaya marami sa mga tao nang narinig ang pananalitang
ito ay nagsabi, “Totoo, ito ang propeta.” 41 Ang iba ay nagsabi,
“Ito ang Cristo.” Subalit ang iba ay nagsabi, “Hindi, sapagkat
ang Cristo ay hindi manggagaling sa Galilea. 42 Hindi ba sinabi
ng Kasulatan na ang Cristo ay magmumula sa binhi ni David
at mula sa Bethlehem, ang bayang kinaroonan ni David?”
43 Kaya nagkaroon ng pagkabaha-bahagi ang mga tao ng dahil
sa kaniya. 44 Ang iba ay nagnais na dakpin siya ngunit walang
sinumang humuli sa kaniya.

Hindi Sumampalataya ang mga Tagapanguna

45 Ang mga opisyal ay pumunta sa mga punong saserdote
at sa mga Fariseo. Sinabi nila sa kanila, “Bakit hindi ninyo
siya dinala?” 46 Sumagot ang mga opisyal, “Kailanman ay
walang taong nakapagsalita sa ganitong paraan katulad ng
taong ito.” 47 Sumagot sa kanila ang mga Fariseo, “Nailigaw
rin ba kayo? 48 Mayroon ba sa mga pinuno o sa mga Fariseo na
sumampalataya sa kaniya? 49 Ngunit ang mga taong ito na hindi
nakakaalam ng Kautusan ay mga isinumpa.” 50 Si Nicodemo, na
pumunta kay Jesus nang gabi, bilang isa sa kanila ay nagsabi sa
kanila, 51 “Hinahatulan ba ng ating Kautusan ang tao maliban
na siya ay mapakinggan muna at malaman kung ano ang
kaniyang ginagawa?” 52 Sumagot sila at sinabi sa kaniya, “Ikaw
ba ay taga-Galilea rin? Saliksikin mo ang Kasulatan at alamin
sapagkat walang propetang nagmula sa Galilea.”
53 At ang bawat isa ay umuwi sa kani-kaniyang tahanan.

Ang Babaing Nangalunya

8 Si Jesus ay pumunta sa bundok ng mga Olibo. 2 Nang mag-
uumaga na, siya ay muling pumunta sa templo. Ang lahat
ng mga tao ay lumapit sa kaniya at siya ay nagturo sa kanila
habang nakaupo. 3 Dinala sa kaniya ng mga eskriba♦ at ng mga
Fariseo ang isang babae na nahuling nangangalunya. Nang
nailagay siya sa kalagitnaan 4 sinabi nila sa kaniya, “Guro, ang
babaing ito ay nahuli sa paggawa mismo ng pangangalunya.
5 Iniutos sa amin ni Moises sa Kautusan na batuhin ang katulad
nito. Ano ang masasabi mo?” 6 Ngunit sinabi nila ito upang

7:37 Pah 22:17
7:39 Gaw 2:17
7:40 Mat 21:11
7:42 Mat 1:1; 2:5; Luc 2:4
7:46 Mat 7:28
8:1 Mat 21:1
8:2 Mat 26:55
8:6 Mat 12:10; 22:15,18

subukin siya at upang magkaroon sila ng naipaparatang sa
kaniya, subalit yumukod si Jesus at sa pamamagitan ng daliri
ay sumulat sa lupa na parang hindi sila naririnig. 7At sa patuloy
nilang pagtatanong sa kaniya ay tumindig siya at sinabi sa
kanila, "Ang sinuman sa inyo na walang kasalanan, siya ang
maunang bumato sa kaniya." 8Siya ay muling yumukod at
sumulat sa lupa. 9Pagkarinig nila nito, inusig sila ng kanilang
budhi kaya isa-isa silang lumabas, simula sa mga matanda
hanggang sa kahuli-hulihan. At tanging si Jesus ang naiwan at
ang babaing nakatayo sa kalagitnaan. 10Nang tumayo si Jesus at
wala siyang nakita maliban sa babae, sinabi ni Jesus sa kaniya,
"Ginang, nasaan ang mga nagsasakdal sa iyo? Wala ba kahit isa
ang humatol sa iyo?" 11Sinabi niya, "Wala ni isa, Ginoo." Sinabi
ni Jesus sa kaniya, "Kahit ako man ay hindi humahatol sa iyo.
Humayo ka at huwag nang magkasalang muli."

Tunay ang Patotoo ni Jesus

12Nang magkagayon, nagsalitang muli si Jesus sa kanila
na sinasabi, "Ako ang ilaw ng sangkatauhan. Siya na
sumusunod sa akin ay hinding-hindi lalakad sa kadiliman
kundi magkakaroon ng ilaw ng buhay." 13Kaya sinabi ng mga
Fariseo sa kaniya, "Nagpapatotoo ka sa iyong sarili. Ang iyong
patotoo ay hindi totoo." 14Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila,
"Bagaman ako ay magpapatotoo patungkol sa aking sarili,
ang aking patotoo ay totoo sapagkat alam ko kung saan ako
nanggaling at kung saan ako pupunta, ngunit hindi ninyo alam
kung saan ako nanggaling at kung saan ako pupunta. 15Kayo ay
humahatol ayon sa laman. Hindi ko hinahatulan ang sinuman.
16Kung ako man ay hahatol, ang aking hatol ay totoo dahil
hindi ako humahatol na nag-iisa kundi ako at ang aking Ama
na nagsugo sa akin. 17Nakasulat din sa inyong Kautusan na
ang patotoo ng dalawang tao ay totoo. 18Ako ang nagpapatotoo
patungkol sa aking sarili at ang Ama na nagsugo sa akin ay
nagpapatotoo patungkol sa akin." 19Kaya sinabi nila sa kaniya,
"Nasaan ang iyong Ama?" Sumagot si Jesus, "Hindi ninyo
ako nakilala, ni ang aking Ama. Kung nakilala ninyo ako ay
nakilala rin ninyo ang aking Ama." 20Ang mga salitang ito ay
sinabi ni Jesus malapit sa kaban ng yaman ng templo habang
siya ay nagtuturo at walang sinumang dumakip sa kaniya
sapagkat hindi pa dumating ang kaniyang oras.

21Muling sinabi ni Jesus sa kanila, "Ako ay aalis at
hahanapin ninyo ako. Kayo ay mamamatay sa inyong mga
kasalanan at hindi kayo makakapunta sa aking paroroonan."
22Sinabi ng mga Judio, "Magpapakamatay ba siya kaya niya
sinabi, 'Sa aking paroroonan ay hindi kayo makakapunta'?"

8:7 Rom 2:1,22
8:12 Mat 5:14
8:17 Mat 18:16
8:19 1Jn 2:23
8:20 Mat 26:18, 55; Mar 12:41

23 Sinabi niya sa kanila, “Kayo ay mula sa ibaba, ako ay mula
sa itaas. Kayo ay mula sa sanlibutang ito at ako ay hindi
mula sa sanlibutang ito. 24 Kaya ko sinabi sa inyo na kayo ay
mamamatay sa inyong mga kasalanan dahil kung hindi kayo
sasampalataya na ako iyon, mamamatay kayo sa inyong mga
kasalanan.” 25 Kaya sinabi nila sa kaniya, “Sino ka ba?” At
sinabi ni Jesus sa kanila, “Ako nga yaong sinasabi ko rin sa
inyo sa simula. 26 Maraming mga bagay akong sasabihin at
ihahatol patungkol sa inyo. Gayunpaman, siya na nagsugo sa
akin ay totoo at sinasabi ko sa sangkatauhan ang mga bagay
na narinig ko mula sa kaniya.” 27 Hindi nila naunawaan na ang
sinabi niya sa kanila ay patungkol sa Ama. 28 Kaya nga, sinabi
ni Jesus sa kanila, “Kapag naitaas na ninyo ang Anak ng Tao
ay saka ninyo malalaman na ako iyon at wala akong ginagawa
mula sa aking sarili. Subalit kung paano ako tinuruan ng aking
Ama, sinasabi ko ang mga bagay na ito. 29 Siya na nagsugo
sa akin ay kasama ko. Hindi ako iniwanang mag-isa ng Ama
sapagkat palagi kong ginagawa ang mga bagay na nakakalugod
sa kaniya.” 30 Habang sinasabi niya ang mga bagay na ito,
marami ang sumampalataya sa kaniya.

Ang mga Anak ni Abraham

31 Sinabi nga ni Jesus sa mga Judio na sumampalataya sa
kaniya, “Kapag mananatili kayo sa aking salita, totoong kayo
ay aking mga alagad. 32 Malalaman ninyo ang katotohanan at
ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.” 33 Sila ay sumagot
sa kaniya, “Kami ay binhi ni Abraham at kailanman ay hindi
kami naging alipin ninuman. Sa anong paraan mo sinasabi na
‘kami ay magiging malaya’?”

34 Sumagot si Jesus sa kanila, “Katotohanan, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, ang gumagawa ng kasalanan ay alipin
ng kasalanan. 35 Ang alipin ay hindi nananatili sa bahay
magpakailanman. Ang anak ay nananatili magpakailanman.
36 Kung palalayain nga kayo ng anak, tunay na kayo ay
magiging malaya. 37 Alam ko na kayo ay binhi ni Abraham,
ngunit hinahanap ninyo ako upang patayin sapagkat ang aking
salita ay walang puwang sa inyo. 38 Sinasabi ko ang mga bagay
na aking nakita sa aking Ama at ginagawa naman ninyo ang
mga bagay na nakita ninyo sa inyong ama.”

39 Sila ay sumagot at sinabi sa kaniya, “Si Abraham ang
aming ama.” Sinabi ni Jesus sa kanila, “Yamang kayo ay mga
anak ni Abraham, gagawin ninyo ang mga gawa ni Abraham.
40 Ngunit ngayon ay hinahanap ninyo ako, ang taong nagsabi
sa inyo ng katotohanan na aking narinig mula sa Diyos, upang
patayin. Ito ay hindi ginawa ni Abraham. 41 Ginagawa ninyo

8:31 2Jn 1:9
8:32 Rom 8:2; 2Co 3:17; Gal 5:1,13
8:33 Luc 3:8
8:34 Rom 6:16
8:35 Gal 4:30
8:39 Luc 3:8
8:40 Mat 12:14

ang mga gawa ng inyong ama." Sinabi nila sa kaniya, "Kami ay hindi ipinanganak sa pakikiapid. Kami ay mayroong isang ama, ang Diyos."

Ang mga Anak ng Diyablo

42 Sinabi nga ni Jesus sa kanila, "Kung ang Diyos ang
inyong Ama, inibig sana ninyo ako sapagkat ako ay nagmula
at dumating mula sa Diyos. Hindi ako naparito sa aking sarili
kundi sinugo niya ako. 43 Bakit hindi ninyo nauunawaan ang
aking pananalita? Ang dahilan ay hindi ninyo magawang
dinggin ang aking salita. 44 Kayo ay sa inyong ama, ang diyablo,
at ang masasamang hangarin ng inyong ama ang ninanais
ninyong gawin. Siya ay mamamatay-tao mula sa simula. Siya
ay hindi nananatili sa katotohanan sapagkat ang katotohanan ay
wala sa kaniya. Kapag siya ay nagsasalita ng kasinungalingan,
siya ay nagsasalita para sa kaniya sapagkat siya ay sinungaling
at ang ama nito. 45 Dahil nagsasabi ako sa inyo ng katotohanan,
hindi kayo sumasampalataya sa akin. 46 Sino sa inyo ang
umuusig sa akin patungkol sa kasalanan? Kung ako ay
nagsasabi ng katotohanan, bakit hindi kayo sumasampalataya
sa akin? 47 Siya na mula sa Diyos ay nakikinig ng mga salita ng
Diyos. Kaya nga, hindi kayo nakikinig ng mga salita ng Diyos
sapagkat hindi kayo sa Diyos."

8:44 1Jn 3:8
8:47 1Jn 4:6
8:48 Mat 10:5; Mar 3:22
8:52 Mar 3:22

Ang Patotoo ni Jesus

48 Sumagot nga ang mga Judio at sinabi sa kaniya, "Hindi
ba tama ang aming sinabi na ikaw ay Samaritano♦ at ikaw
ay mayroong demonyo?" 49 Sumagot si Jesus, "Wala akong
demonyo. Pinaparangalan ko ang aking Ama at inaalisan
ninyo ako ng karangalan. 50 Hindi ko hinahanap ang aking
kaluwalhatian. May isang naghahanap nito at humahatol.
51 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang sinumang
tutupad sa aking salita ay hindi makakaranas ng kamatayan
magpakailanman." 52 Sinabi nga ng mga Judio sa kaniya,
"Ngayon ay alam na namin na mayroon kang demonyo. Si
Abraham at ang mga propeta ay namatay, ngunit sinasabi mo,
'Kung ang sinuman ay tutupad ng aking salita, siya ay hindi
makakaranas ng kamatayan magpakailanman.' 53 Higit ka
pa bang dakila kaysa sa aming ama na si Abraham? Siya ay
namatay, gayundin ang mga propeta. Ano ba ang palagay mo
sa iyong sarili?" 54 Sumagot si Jesus, "Kung niluluwalhati ko
ang aking sarili, ang aking kaluwalhatian ay walang kabuluhan.
Ang aking Ama ang siyang lumuluwalhati sa akin, siya ang
inyong sinasabing Diyos ninyo. 55 Hindi ninyo siya kilala ngunit
kilala ko siya. Kapag sinabi ko, 'Hindi ko siya kilala,' ako ay

magiging sinungaling katulad ninyo. Kilala ko siya at tinutupad
ko ang kaniyang salita. **56**Ang inyong ama na si Abraham ay
nagalak na makita niya ang aking araw. Nakita niya ito at siya
ay natuwa." **57**Sinabi nga ng mga Judio sa kaniya, "Wala ka
pang limampung taong gulang at nakita mo na si Abraham?"
58Sinabi ni Jesus sa kanila, "Katotohanan, katotohanang
sinasabi ko sa inyo, bago pa si Abraham ay ako na." **59**Kaya
sila ay dumampot ng mga bato upang siya ay batuhin, ngunit si
Jesus ay nagtago. Siya ay lumabas sa templo sa pamamagitan
ng pagdaan sa kanilang kalagitnaan.

Pinagaling ni Jesus ang Bulag

9 Sa paglalakad ni Jesus ay nakita niya ang isang lalaking
bulag mula sa kaniyang kapanganakan. **2**Tinanong siya ng
kaniyang mga alagad, na sinasabi, "Rabbi, sino ang nagkasala,
siya ba o ang kaniyang mga magulang kaya siya naipanganak
na bulag?" **3**Sumagot si Jesus, "Hindi ang lalaking ito, ni ang
kaniyang mga magulang ang nagkasala kundi upang ang mga
gawa ng Diyos ay mahayag sa kaniya. **4**Kinakailangang gawin
ko ang mga gawa niya na nagsugo sa akin habang araw pa.
Dumarating ang gabi na wala nang makakagawa. **5**Habang ako
ay nasa sanlibutan, ako ang ilaw ng sanlibutan." **6**Pagkasabi
niya ng mga ito, dumura siya sa lupa, gumawa siya ng putik
at ipinahid sa mga mata ng bulag ang putik. **7**Sinabi ni Jesus
sa kaniya, "Pumunta ka at maghilamos ka sa dakong paliguan
ng Siloe" (ang ibig sabihin ay Sinugo). Siya nga ay pumunta at
naghilamos at bumalik na nakakakita.

8Ang mga kapitbahay nga at ibang mga taong nakakita
sa kaniya na dating bulag, ay nagsabi, "Hindi ba ito yaong
nakaupo at namamalimos?" **9**Sinabi ng iba, "Siya nga iyon."
Sinabi naman ng iba, "Kamukha niya." Ngunit sinabi niya,
"Ako iyon." **10**Kaya sinabi nila sa kaniya, "Papaano namulat
ang iyong mga mata?" **11**Sumagot siya at sinabi, "Ang lalaking
tinatawag na Jesus ay gumawa ng putik at ipinahid sa aking
mga mata, at sinabi niya sa akin, 'Pumunta ka sa dakong
paliguan ng Siloe at maghilamos ka.' Pumunta nga ako at
pagkahilamos ay nakakita na ako." **12**Sinabi nga nila sa kaniya,
"Nasaan siya?" Sinabi niya, "Hindi ko alam."

Nag-usisa ang mga Fariseo

13Dinala nila sa mga Fariseo ang lalaki na dating bulag.
14Araw ng Sabat noon nang si Jesus ay gumawa ng putik at
iminulat ang kaniyang mga mata. **15**Ang mga Fariseo ay muling
nagtanong sa kaniya kung paano siya nakakita. Sinabi niya
sa kanila, "Nilagyan niya ng putik ang aking mga mata at ako

9:2 Mat 23:7; Luc 13:2; Gaw 28:4
9:6 Mar 7:33
9:7 Luc 13:4
9:8 Gaw 3:2,10
9:14 Mat 12:1-14

ay naghilamos, pagkatapos nakakakita na ako." 16Sinabi nga
ng ilan sa mga Fariseo, "Ang lalaking ito ay hindi nagmula sa
Diyos dahil hindi niya tinutupad ang araw ng Sabat." Sinabi
naman ng iba, "Papaano makakagawa ng mga ganitong
tanda ang isang lalaking makasalanan?" At nagkaroon ng
pagkakabaha-bahagi sa kanila. 17Muli nilang sinabi sa lalaki
na dating bulag, "Ano ang sinasabi mo patungkol sa kaniya
na nagmulat ng iyong mga mata?" Sinabi ng lalaki, "Siya ay
propeta."

18Hindi pinaniwalaan ng mga Judio ang patungkol sa kaniya,
na dating bulag at nakakita, hanggang sa tawagin nila ang mga
magulang niyaong nakakita na. 19Sila ay kanilang tinanong,
"Ito ba ang inyong anak na sinasabi ninyong ipinanganak na
bulag? Papaanong nakakakita siya ngayon?" 20Ang kaniyang
mga magulang ay sumagot sa kanila at nagsabi, "Alam namin
na siya ang aming anak at siya ay ipinanganak na bulag.
21Ngunit hindi namin alam kung paanong siya ay nakakakita
na ngayon, ni hindi namin alam kung sinuman ang nagmulat
ng kaniyang mga mata. Siya ay nasa hustong gulang na kaya
tanungin ninyo siya, makakapagsalita siya patungkol sa
kaniyang sarili." 22Ang mga ito ay sinabi ng kaniyang mga
magulang dahil sa pagkatakot nila sa mga Judio sapagkat
napagkaisahan na ng mga Judio na kung ang sinuman ang
magpapahayag na si Jesus ang Cristo, siya ay matitiwalag sa
sinagoga. 23Dahil dito, sinabi ng kaniyang mga magulang,
"Siya ay nasa hustong gulang na, tanungin ninyo siya."

9:16 Mat 12:2
9:17 Mat 21:11
9:22 Luc 6:22
9:31 San 5:16-18; 1Jn 5:14-15

24Tinawag nga nilang muli ang lalaki na dating bulag at
sinabi nila sa kaniya, "Ibigay mo ang kaluwalhatian sa Diyos.
Alam namin na ang lalaking ito ay makasalanan." 25Sumagot
siya at nagsabi, "Kung siya ay makasalanan, hindi ko alam.
Isang bagay ang alam ko, dati akong bulag at ngayon ay
nakakakita na." 26Sinabi nga nilang muli sa kaniya, "Ano ang
ginawa niya sa iyo? Papaano niya iminulat ang iyong mga
mata?" 27Sumagot siya sa kanila, "Sinabi ko na sa inyo at hindi
ninyo pinakinggan. Bakit ninanais ninyong marinig muli?
Ninanais din ba ninyong maging mga alagad niya?" 28Kaya
siya ay kanilang nilait at sinabi, "Ikaw ay kaniyang alagad.
Kami ay mga alagad ni Moises. 29Alam namin na ang Diyos
ay nagsalita kay Moises, subalit patungkol sa taong ito, hindi
namin alam kung saan siya nanggaling." 30Sumagot ang lalaki
at sinabi sa kanila, "Ito ay kamangha-manghang bagay! Hindi
ninyo alam kung saan siya nanggaling. Gayunpaman, iminulat
niya ang aking mga mata. 31Alam natin na hindi dinirinig ng
Diyos ang mga makasalanan, ngunit kung ang sinuman ay
sumasamba sa Diyos at ginagawa ang kaniyang kalooban, siya

ay dinirinig ng Diyos. 32Mula pa noong unang panahon ay
hindi pa narinig na may sinumang nagmulat ng mga mata ng
isang tao na ipinanganak na bulag. 33Kung ang lalaking ito ay
hindi sa Diyos, hindi siya makakagawa ng anuman." 34Sumagot
sila at sinabi sa kaniya, "Ikaw ay ipinanganak na lubos na
makasalanan at tinuturuan mo pa kami?" At siya ay itinaboy
nila.

Sumampalataya ang Bulag

35Narinig ni Jesus na siya ay itinaboy nila. Nang natagpuan
siya ni Jesus, sinabi niya sa kaniya, "Sinasampalatayanan mo
ba ang Anak ng Diyos?" 36Sumagot siya at sinabi, "Sino siya
Panginoon, upang ako ay sumampalataya sa kaniya?" 37Sinabi
ni Jesus sa kaniya, "Nakita mo na siya at siya yaong nakikipag-
usap sa iyo." 38Sinabi niya, "Panginoon, sumasampalataya
ako." At siya ay sumamba sa kaniya. 39Sinabi ni Jesus. "Ako
ay pumarito sa sanlibutang ito para sa kahatulan, upang sila
na hindi nakakakita ay makakita at sila naman na nakakakita
ay maging mga bulag." 40Narinig ng ilan mula sa mga Fariseo
na kasama nila ang mga bagay na ito at sinabi nila sa kaniya,
"Kami rin ba ay mga bulag?" 41Sinabi ni Jesus sa kanila, "Kung
kayo ay mga bulag ay wala sana kayong kasalanan. Ngunit
ngayon sinasabi ninyo, 'Nakakakita kami.' Samakatuwid, ang
inyong kasalanan ay nananatili sa inyo."

9:35 Mat 8:20
9:36 Rom 10:14
9:38 Mat 28:9
9:39 Mat 13:13; Luc 4:18
9:40 Rom 2:19
10:2 Mar 6:34
10:6 Mar 9:32

Ang Mabuting Pastol

10 "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, siya na
hindi pumapasok sa pintuan ng kulungan ng mga tupa
ngunit umaakyat sa ibang daan, siya ay magnanakaw at tulisan.
2Ngunit ang pumapasok sa pintuan ay ang pastol ng mga tupa.
3Siya ay pinagbubuksan ng bantay-pintuan at dinirinig ng mga
tupa ang kaniyang tinig. Tinatawag niya ang kaniyang sariling
mga tupa sa kani-kanilang pangalan at sila ay inaakay niya
sa paglabas. 4Kapag nailabas na niya ang kaniyang sariling
mga tupa, siya ay naglalakad sa unahan nila at ang mga tupa
ay sumusunod sa kaniya sapagkat kilala na nila ang kaniyang
tinig. 5Hinding-hindi sila susunod sa dayuhan kundi lalayo sila
sa kaniya sapagkat hindi nila kilala ang tinig ng mga dayuhan."
6Ang talinghagang ito ay sinabi ni Jesus sa kanila ngunit hindi
nila naunawaan kung anong mga bagay ang sinabi niya sa
kanila.

7Kaya muling sinabi ni Jesus sa kanila, "Katotohanan,
katotohanang sinasabi ko sa inyo, ako ang pintuan ng mga
tupa. 8Ang lahat ng mga naunang dumating sa akin ay mga
magnanakaw at mga tulisan subalit hindi sila dininig ng mga

tupa. 9Ako ang pintuan. Ang sinumang makakapasok sa
pamamagitan ko ay maliligtas. Siya ay papasok at lalabas, at
masusumpungan niya ang pastulan. 10Ang magnanakaw ay
hindi pumarito maliban na siya ay makapagnakaw, makapatay
at makapaminsala. Ako ay pumarito upang magkaroon sila ng
buhay at magkaroon sila ng lubos na kasaganaan.

11"Ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng mabuting pastol
ang kaniyang buhay alang-alang sa mga tupa. 12Ngunit ang
upahang lingkod at hindi pastol na hindi nagmamay-ari ng
mga tupa, kapag nakikita niya na dumarating ang lobo, iniiwan
niya ang mga tupa at tumatakbong palayo. Kaya, ang mga tupa
ay sinisila at ikinakalat ng lobo. 13Ang upahang lingkod ay
tumatakbong palayo sapagkat siya ay upahang lingkod at hindi
niya pinagmamalasakitan ang kalagayan ng mga tupa. 14Ako
ang mabuting pastol. Kilala ko ang aking mga tupa at nakikilala
nila ako, 15kung paanong ako ay kilala ng Ama at kilala ko ang
Ama. Iniaalay ko ang aking buhay alang-alang sa mga tupa.
16Mayroon akong ibang mga tupa na wala sa kawan na ito at
sila rin ay dapat kong akayin. Diringgin nila ang aking tinig at
magiging isang kawan at isang pastol.

17"Dahil dito, iniibig ako ng Ama sapagkat iniaalay ko
ang aking buhay upang ito ay makuha kong muli. 18Walang
sinumang makakaagaw nito sa akin subalit iniaalay ko ito mula
sa aking sarili. Mayroon akong kapamahalaang ialay ito at
mayroon akong kapamahalaang kunin itong muli. Ito ang utos
na tinanggap ko mula sa aking Ama."

19Kaya muling nagkaroon ng pagkakabaha-bahagi sa mga
Judio dahil sa mga pananalitang ito. 20Marami sa kanila
ang nagsabi, "Siya ay may demonyo at nahihibang. Bakit
kayo nakikinig sa kaniya?" 21Sinabi ng iba, "Hindi ito mga
pananalita ng isang inaalihan ng demonyo. May kapangyarihan
bang makapagpamulat ng mga mata ng bulag ang demonyo?"

Hindi Sumampalataya ang mga Judio

22Naganap sa Jerusalem ang Kapistahan ng Pagtatalaga*, at
noon ay taglamig. 23Si Jesus ay naglalakad sa templo sa portiko
ni Solomon 24kaya pinalibutan siya ng mga Judio at sinabi nila
sa kaniya, "Hanggang kailan mo paghihintayin ang aming
kaluluwa? Kung ikaw ang Cristo, sabihin mo sa amin nang
tuwiran." 25Sumagot si Jesus sa kanila, "Sinabi ko na sa inyo
ngunit hindi kayo sumampalataya. Ang mga gawa na ginagawa
ko sa pangalan ng aking Ama ang siyang nagpapatotoo

10:10 Rom 5:17
10:11 Mat 2:6; Luc 12:32; Heb 13:20; 1Pe 2:25; 1Jn 3:16; Pah 7:17
10:15 Mat 11:27
10:16 Gaw 10:34-35; Efe 2:11-19
10:18 Mat 26:53; Flp 2:8; Heb 5:8
10:20 Mar 3:21-22
10:21 Mat 4:24
10:23 Gaw 3:11
10:24 Luc 22:67

* **10:22** *Kapistahan ng Pagtatalaga*: Ito ay pista ng pagdadalisay sa templo na itinalaga ni Judas Maccabeo at ng kaniyang mga kapatid matapos na isalaula ito ni Anticus.

patungkol sa akin. 26Hindi kayo sumasampalataya sapagkat
hindi kayo sa aking mga tupa kagaya ng sinabi ko sa inyo.
27Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig. Kilala ko sila
at sumusunod sila sa akin. 28Binibigyan ko sila ng buhay
na walang hanggan at hinding-hindi sila mapapahamak
magpakailanman. Walang sinumang makakaagaw sa kanila
mula sa aking kamay. 29Ibinigay sila sa akin ng aking Ama
na higit na dakila sa lahat. Walang sinuman ang makakaagaw
sa kanila mula sa kamay ng aking Ama. 30Ako at ang Ama ay
isa."

31Muli ngang dumampot ng mga bato ang mga Judio upang
siya ay batuhin. 32Si Jesus ay sumagot sa kanila, "Maraming
mabubuting gawa ang ipinakita ko sa inyo mula sa aking Ama.
Alin sa mga gawang iyon ang dahilan na binabato ninyo ako?"
33Ang mga Judio ay sumagot sa kaniya, na sinasabi, "Hindi
ka namin binabato dahil sa mabuting gawa kundi dahil sa
paglapastangan sapagkat ginagawa mong Diyos ang iyong
sarili, ikaw na tao." 34Tinugon sila ni Jesus, "Hindi ba nakasulat
sa inyong Kautusan, 'Aking sinabi, Kayo ay mga diyos'?
Awi 82:6
35Kung sila ay tinawag niyang mga diyos, na sa pamamagitan
nila ay dumating ang salita ng Diyos, at ang Kasulatan♦ ay hindi
masisira, 36sinasabi ba ninyo sa pinabanal ng Ama at isinugo sa
sanlibutan, 'Ikaw ay naglalapastangan,' dahil sinabi ko, 'Ako ay
Anak ng Diyos'? 37Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng
aking Ama, huwag kayong sumampalataya sa akin. 38Ngunit
kung ginagawa ko, kahit hindi kayo sumampalataya sa akin,
sampalatayanan ninyo ang mga gawa upang malaman ninyo at
sumampalataya kayo na ang Ama ay nasa akin at ako ay nasa
kaniya." 39Dahil dito, muli silang naghanap ng pagkakataon
upang dakpin siya, kaya siya ay tumakas mula sa kanilang
kamay.

40Pumunta siyang muli sa ibayo ng Jordan, sa lugar na dating
pinagbabawtismuhan ni Juan at siya ay nanatili roon. 41Marami
ang pumunta sa kaniya at sinabi, "Totoong si Juan ay hindi
gumawa ng anumang tanda, ngunit ang lahat ng mga bagay na
sinabi ni Juan patungkol sa taong ito ay totoo." 42At marami
ang sumampalataya sa kaniya roon.

10:28 Mat 25:46
10:33 Mat 26:63-66
10:34 Rom 3:19; 1Co 14:21
10:35 Mat 5:18; Heb 4:12
10:39 Luc 4:30
11:1 Mat 21:17; Luc 10:38
11:2 Mar 14:3; Luc 7:38

Namatay si Lazaro

11 Mayroong isang lalaking maysakit na ang pangalan ay
Lazaro. Siya ay taga-Betania na nayon nina Maria at ng
kaniyang kapatid na si Marta. 2Si Maria, na siyang nagpahid ng
pabangong langis sa Panginoon at nagpunas ng kaniyang buhok
sa mga paa ng Panginoon, ay kapatid ni Lazaro na maysakit.

3 Ang mga kapatid na babae ni Lazaro ay nagsugo patungo
sa kaniya na sinasabi, “Panginoon, narito, siya na iyong
minamahal ay maysakit.” 4 Nang narinig ito ni Jesus, sinabi
niya, “Ang karamdamang ito ay hindi sa kamatayan kundi
para sa kaluwalhatian ng Diyos upang ang Anak ng Diyos ay
maluwalhati sa pamamagitan nito.”

5 Si Marta at ang kaniyang kapatid na babae at si Lazaro
ay iniibig ni Jesus. 6 Kaya nang narinig niyang maysakit si
Lazaro, nanatili pa nga siya ng dalawang araw sa pook na
kaniyang kinaroroonan. 7 Pagkatapos nga nito ay sinabi niya
sa kaniyang mga alagad, “Pumunta tayong muli sa Judea.”
8 Sinabi ng mga alagad sa kaniya, “Rabbi, sa ngayon, ang mga
Judio ay naghahanap ng pagkakataon upang ikaw ay batuhin.
Babalik ka bang muli roon?” 9 Sumagot si Jesus, “Hindi ba
may labindalawang oras sa maghapon? Kung ang sinuman ay
naglalakad kapag araw, siya ay hindi natitisod dahil nakikita
niya ang liwanag ng sanlibutang ito. 10 Ngunit ang sinumang
naglalakad kapag gabi ay natitisod dahil wala sa kaniya ang
liwanag.” 11 Ang mga bagay na ito ay sinabi niya, at pagkatapos
nito ay sinabi niya sa kanila, “Ang ating kaibigang si Lazaro
ay natutulog gayunpaman pupunta ako upang gisingin siya
mula sa pagkatulog.” 12 Kaya sinabi ng kaniyang mga alagad,
“Panginoon, kung siya ay natutulog, gagaling siya.” 13 Subalit
ang sinabi ni Jesus ay ang patungkol sa kaniyang kamatayan,
ngunit inakala nila na ang sinabi ni Jesus ay patungkol sa
paghimlay sa pagtulog. 14 Kaya nga, tuwirang sinabi ni Jesus
sa kanila, “Si Lazaro ay patay na. 15 Ngunit ako ay nagagalak
alang-alang sa inyo dahil ako ay wala roon upang kayo ay
sumampalataya, gayunpaman, puntahan natin siya.” 16 Si
Tomas, na tinatawag na Kambal, ay nagsabi nga sa kaniyang
mga kapwa alagad, “Pumunta rin tayo upang mamatay tayong
kasama niya.”

11:8 Mat 23:7
11:11 Mat 9:24
11:13 Mat 9:24
11:16 Mat 10:3; Gaw 1:13
11:18 Mat 21:17
11:20 Luc 10:38-42

Sila ay Inaliw ni Jesus

17 Kaya pagdating ni Jesus ay natagpuan niyang apat
na araw nang nasa libingan si Lazaro. 18 Ang Betania ay
malapit sa Jerusalem na may layong humigit-kumulang na
labinlimang estadya°. 19 Marami sa mga Judio ang pumunta
kina Marta at Maria upang damayan sila dahil sa kanilang
kapatid. 20 Pagkarinig ni Marta na dumarating si Jesus,
siya ay kaniyang sinalubong, ngunit si Maria ay nanatiling
nakaupo sa loob ng bahay. 21 Sinabi nga ni Marta kay Jesus,
“Panginoon, kung naririto ka, hindi namatay ang aking kapatid,
22 ngunit alam ko na kahit ngayon, anuman ang hihilingin mo
sa Diyos ay ibibigay sa iyo ng Diyos.” 23 Sinabi ni Jesus sa

kaniya, “Ang iyong kapatid ay muling babangon.” 24Sinabi
ni Marta sa kaniya, “Alam ko na siya ay muling babangon
sa muling pagkabuhay sa huling araw.” 25Sinabi ni Jesus sa
kaniya, “Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Siya na
sumasampalataya sa akin bagaman siya ay mamamatay, siya
ay mabubuhay. 26Ang bawat nabubuhay at sumasampalataya
sa akin ay hinding-hindi mamamatay magpakailanman.
Sinasampalatayanan mo ba ito?” 27Sinabi niya sa kaniya, “Oo,
Panginoon, ako ay sumasampalataya na ikaw ang Cristo, ang
Anak ng Diyos na darating sa sanlibutan.”

28Pagkasabi niya ng mga bagay na ito, siya ay umalis at
tinawag ng palihim ang kaniyang kapatid na si Maria at sinabi,
“Ang Guro ay dumating at ipinapatawag ka.” 29Pagkarinig niya
nito ay tumindig siya kaagad at pumunta sa kaniya, 30ngunit
hindi pa nakarating si Jesus sa nayon kundi nasa dako pa lang
kung saan siya sinalubong ni Marta. 31Ang mga Judio, na
kasama niya sa bahay at umaaliw sa kaniya, ay sumunod sa
kaniya nang nakita nila si Maria na dali-dali siyang tumindig at
lumabas. Kanilang sinabi, “Siya ay pupunta sa libingan upang
doon tumangis.” 32Dumating nga si Maria sa kinaroroonan ni
Jesus. Nang nakita niya si Jesus, nagpatirapa siya sa kaniyang
paanan at sinabi kaniya, “Panginoon, kung naririto ka, hindi
namatay ang aking kapatid.” 33Nang nakita nga ni Jesus ang
kaniyang pagtangis at ang pagtangis ng mga Judio na sumama
sa kaniya, siya ay namighati sa espiritu at siya mismo ay
nabagabag. 34Sinabi niya, “Saan na ninyo siya inilagay?” Sinabi
nila sa kaniya, “Panginoon, halika at tingnan mo.” 35Si Jesus ay
tumangis. 36Kaya sinabi ng mga Judio, “Masdan kung gaano
siya kamahal ni Jesus.” 37Sinabi ng ilan sa kanila, “Hindi ba
ang taong ito ang nakakapagpamulat ng mga mata ng bulag at
makakagawa upang hindi namatay ang taong ito?”

11:24 Gaw 24:15
11:26 Mat 25:46
11:27 Mat 4:3; Luc 2:11
11:28 Mat 26:18
11:35 Luc 19:41
11:38 Mat 27:60; Luc 24:2
11:41 Mat 11:25

Ibinangon ni Jesus si Lazaro

38Kaya si Jesus, na muling namighati ang kalooban, ay
pumunta sa libingan. Ito ay yungib at natatakpan ng bato.
39Sinabi ni Jesus, “Alisin ninyo ang bato.” Si Marta, na
kapatid ng namatay, ay nagsabi sa kaniya, “Panginoon, sa
ngayon ay nangangamoy na siya sapagkat apat na araw na
siyang patay.” 40Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Hindi ba sinabi
ko sa iyo na kung ikaw ay sasampalataya, makikita mo
ang kaluwalhatian ng Diyos?” 41Inalis nga nila ang bato sa
pinaglagyan ng patay. Itiningala ni Jesus ang kaniyang mga
paningin at sinabi, “Ama, pinapasalamatan kita sapagkat ako
ay dininig mo. 42Alam ko na ako ay palagi mong dinirinig,
ngunit alang-alang sa mga taong nakatayo sa paligid, sinabi

ko ito upang sila ay sumampalataya na ikaw ang nagsugo
sa akin.” 43 Pagkasabi niya ng mga ito, sumigaw siya
na may malakas na tinig, “Lazaro, lumabas ka!” 44 At
lumabas ang namatay na natatalian ng telang panlibing
ang mga kamay at mga paa at nababalot ng panyo ang
kaniyang mukha. Sinabi ni Jesus sa kanila, “Kalagan
ninyo siya at hayaan ninyo siyang yumaon.”

Ang Banta na Papatayin si Jesus

45 Kaya marami sa mga Judio, na pumunta kay Maria
at nakamasid sa mga bagay na ginawa ni Jesus, ang
sumampalataya sa kaniya. 46 Ngunit ang ilan sa kanila ay
pumunta sa mga Fariseo at sinabi sa kanila ang mga bagay
na ginawa ni Jesus. 47 Kaya ang mga punong saserdote
at mga Fariseo ay nagtipon sa Sanhedrin♦ at sinabi
nila, “Ano ang ating gagawin sapagkat ang taong ito ay
gumagawa ng maraming mga tanda? 48 Kapag pababayaan
natin siyang ganito, ang lahat ay sasampalataya sa
kaniya at darating ang mga taga-Roma at aagawin nila
ang ating lugar at bansa.” 49 Ang isa sa kanila, si Caifas,
bilang pinakapunong saserdote♦ nang taon na iyon, ay
nagsabi sa kanila, “Wala kayong naunawaan, 50 ni hindi
ninyo masusing pinag-isipan na makakabuti sa atin na
ang isang tao ay mamatay alang-alang sa mga tao upang
ang buong bansa ay hindi mapahamak.” 51 Ngunit hindi
niya ito sinabi mula sa kaniyang sarili, sa halip, bilang
pinakapunong saserdote nang taon na iyon ay ipinahayag
niya na si Jesus ay mamamatay alang-alang sa bansa
52 at hindi lamang alang-alang sa bansang iyon kundi
upang matipon na maging isa ang mga nagsipangalat na
mga anak ng Diyos. 53 Mula nga sa araw na iyon, sila ay
sumangguni sa isa't isa upang siya ay mapatay.

54 Kaya si Jesus ay hindi na lumakad nang hayagan
sa gitna ng mga Judio, sa halip, mula roon ay pumunta
siya sa lupain malapit sa ilang sa lungsod na tinatawag
na Efraim. Nanatili siya roon kasama ang kaniyang mga
alagad.

55 Noon ay nalalapit na ang Paglagpas♦ ng mga Judio at
marami ang umahon sa Jerusalem mula sa lalawigan bago
ang Paglagpas upang dalisayin ang kanilang mga sarili.
56 Hinanap nga nila si Jesus at habang nakatayo sila sa
templo, sinabi nila sa kanilang mga sarili, “Ano sa palagay
ninyo ang dahilan kung bakit hindi siya nakapunta sa
kapistahan?” 57 Ang mga punong saserdote at ang mga
Fariseo ay nagbigay ng utos na ang sinumang nakakaalam

11:43 Luc 7:14
11:47 Mat 5:22; 26:3
11:49 Mat 26:3
11:53 Mat 12:14
11:55 Mat 26:1-2; Mar 14:1

kung nasaan si Jesus ay ipagbigay-alam upang siya ay madakip nila.

Pinahiran ng Langis si Jesus

Mat 26:6-13; Mar 14:1-11

12 Anim na araw bago ang Paglagpas♦, si Jesus ay pumunta
sa Betania, na kinaroonan ni Lazaro na namatay na at
kaniyang ibinangon mula sa mga patay. **2**Sila ay naghanda roon
ng hapunan para sa kaniya. Si Marta ay naglingkod ngunit
si Lazaro ay isa sa mga nakaupong kasalo niya sa hapag. **3**Si
Maria ay kumuha ng isang librang° mamahalin na pabangong
langis ng nardo♦ at ipinahid niya sa mga paa ni Jesus at
pinunasan niya ng kaniyang buhok ang mga paa ni Jesus, at ang
bahay ay napuno ng halimuyak ng pabangong langis. **4**Kaya si
Judas na taga-Keriot na anak ni Simon, na isa sa kaniyang mga
alagad na siyang magkakanulo kay Jesus, ay nagsabi, **5**"Bakit
hindi ipinagbili ang pabangong langis na ito sa halagang tatlong
daang denaryo° at ipinamigay sa mga dukha?" **6**Ito ay sinabi
niya, hindi dahil siya ay nagmamalasakit sa mga dukha kundi
dahil siya ay magnanakaw, at nasa kaniya ang supot ng salapi
at kinukupit niya ang mga inilalagay rito. **7**Kaya sinabi ni Jesus,
"Pabayaan ninyo siya, inilaan na niya ito para sa araw ng aking
libing **8**sapagkat ang mga dukha ay palagi ninyong kasama,
ngunit ako ay hindi ninyo palaging makakasama."

9Maraming mga Judio ang nakaalam na siya ay naroroon.
Sila ay pumunta hindi lamang dahil kay Jesus kundi upang
makita rin si Lazaro na ibinangon niya mula sa mga patay.
10Subalit ang mga punong saserdote ay nagsanggunian upang
patayin din si Lazaro **11**sapagkat dahil sa kaniya, maraming
mga Judio ang lumayo at sumampalataya kay Jesus.

12:1 Mat 21:17
12:2 Luc 10:38-42
12:3 Mar 14:3
12:4 Mat 10:4
12:16 Mar 9:32

Pumasok si Jesus sa Jerusalem

Mat 21:1-11; Mar 11:1-11; Luc 19:28-40

12Kinabukasan, nang narinig nila na si Jesus ay paparating
sa Jerusalem, maraming mga tao na nanggaling sa kapistahan
13ang kumuha ng mga tangkay ng punong palma at lumabas
upang salubungin siya at sumigaw, "Hosana♦! 'Pinagpala siya
na dumarating sa pangalan ng Panginoon,'

Awi 118:25-26

ang Hari ng Israel!" **14**Nang natagpuan ni Jesus ang isang
batang asno, sumakay siya rito kagaya ng nasusulat,

15"Huwag kang matakot, anak na babae ng Zion! Narito, ang
iyong hari ay dumarating na nakasakay sa bisiro."

Zak 9:9

16Sa simula ay hindi naunawaan ng kaniyang mga alagad

ang mga bagay na ito: subalit nang naluwalhati na si Jesus,
saka lamang nila naalala na ang mga bagay na ito ay nasusulat
patungkol sa kaniya at ginawa nila ang mga bagay na ito sa
kaniya. 17Kaya nga, nagpatotoo ang maraming tao na nakasama
niya nang kaniyang tawagin si Lazaro mula sa libingan at
ibinangon mula sa mga patay. 18Dahil dito, sumalubong sa
kaniya ang maraming tao sapagkat narinig nila na siya ang
gumawa ng tanda na ito. 19Sinabi nga ng mga Fariseo sa
kanilang mga sarili, "Nakikita ninyo na wala kayong anumang
napapala. Narito, sumusunod na sa kaniya ang sangkatauhan."

Binanggit ni Jesus ang Kaniyang Kamatayan

20At may ilang mga Griyego na kasama nila na pumaroon sa
kapistahan upang sumamba. 21Sila nga ay lumapit kay Felipe
na taga-Betsaida ng Galilea at humiling sa kaniya, na sinasabi,
"Ginoo, nais naming makita si Jesus." 22Lumapit si Felipe at
sinabi kay Andres at sinabi naman nina Andres at Felipe kay
Jesus. 23Tinugon sila ni Jesus na sinasabi, "Dumating na ang
oras upang maluwalhati ang Anak ng Tao. 24Katotohanan,
katotohanang sinasabi ko sa inyo, maliban na ang butil ng
trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ito ay mananatiling
nag-iisa. Ngunit kapag ito ay namatay, mamumunga ito ng
maraming bunga. 25Siya na umiibig sa kaniyang buhay ay
mawawalan nito, ngunit siya na namumuhi sa kaniyang buhay
sa sanlibutang ito ay maiingatan ito patungo sa buhay na
walang hanggan. 26Kung ang sinuman ay maglilingkod sa akin,
hayaan siyang sumunod sa akin. Kung saan ako naroroon ay
doroon din ang aking tagapaglingkod. Kung ang sinuman ay
maglilingkod sa akin, siya ay pararangalan ng aking Ama.
27"Ngayon ay nababalisa ang aking kaluluwa. Ano ang
aking sasabihin? 'Ama, iligtas mo ako mula sa oras na ito'?
Subalit ito ang dahilan bakit ako naparito sa oras na ito. 28Ama,
luwalhatiin mo ang iyong pangalan." Nang magkagayon,
may narinig silang tinig na nagmula sa langit na nagsasabi,
"Niluwalhati ko na ito at muli ko itong luluwalhatiin." 29Kaya
ang maraming tao na nakatayo roon at nakarinig nito ay
nagsabi na kumulog. Ang iba naman ay nagsabi, "Siya ay
kinausap ng isang anghel." 30Sumagot si Jesus at nagsabi,
"Ang tinig na ito ay hindi dumating nang dahil sa akin kundi
alang-alang sa inyo. 31Ngayon na ang paghatol sa sanlibutang
ito. Ngayon ang prinsipe ng sanlibutang ito ay palalayasin.
32At aking ilalapit ang lahat ng mga tao sa akin kapag ako
ay maitaas na mula sa lupa." 33Ngunit sinabi ito ni Jesus
bilang kapahayagan kung paano siya mamamatay. 34Ang
maraming tao ay tumugon sa kaniya, "Narinig namin mula

12:18 Luc 19:37
12:20 Gaw 11:20
12:21 Mat 11:21
12:23 Mat 26:18
12:24 1Co 15:36
12:25 Mat 10:39; 25:46; Mar 8:35; Luc 14:26
12:26 2Co 5:8; Flp 1:23; 1Te 4:17
12:27 Mat 11:25; 26:38-39
12:28 Mat 3:17
12:31 2Co 4:4; Efe 2:2; 1Jn 4:4
12:34 Mat 8:20

sa Kautusan na ang Cristo ay mananatili magpakailanman. Paano mo nasabing, 'Ang Anak ng Tao ay kinakailangang maitaas'? Sino ba itong Anak ng Tao?" 35Kaya sinabi ni Jesus sa kanila, "Sandaling panahon na lamang ninyo makakasama ang liwanag. Lumakad kayo habang kayo ay may liwanag pa upang hindi kayo abutan ng dilim. Hindi alam ng naglalakad sa kadiliman kung saan siya papunta. 36Habang may liwanag pa sa inyo, sumampalataya kayo sa liwanag upang kayo ay maging mga anak ng liwanag." Pagkasabi ni Jesus ng mga bagay na ito, siya ay umalis at nagtago mula sa kanila.

Hindi Sumampalataya ang mga Judio

37Bagaman gumawa si Jesus ng napakaraming tanda sa harapan nila, hindi sila sumampalataya sa kaniya 38upang matupad ang salita ni propeta Isaias na kaniyang sinabi, "Panginoon, sino ang sumampalataya sa aming pangangaral? Kanino naipahayag ang bisig ng Panginoon?"

Isa 53:1

39Dahil dito, hindi nila magawang manampalataya sapagkat sinabing muli ni Isaias, 40"Binulag na niya ang kanilang mga mata at pinatigas na ang kanilang puso upang hindi makakita ang kanilang mga mata at hindi makaunawa ang kanilang puso, baka sila ay manumbalik at sila ay aking pagagalingin."

Isa 6:10

41Ang bagay na ito ay sinabi ni Isaias nang nakita niya ang kaluwalhatian ng Panginoon at nagsalita patungkol sa kaniya. 42Gayunpaman, marami sa mga pinuno ang sumampalataya kay Jesus, subalit dahil sa mga Fariseo, siya ay hindi nila ipinahayag upang hindi sila mapalayas sa mga sinagoga 43sapagkat higit nilang inibig ang papuri ng mga tao kaysa sa papuri ng Diyos.

44Subalit si Jesus ay sumigaw at nagsabi, "Siya na sumasampalataya sa akin ay hindi sa akin sumasampalataya kundi sa kaniya na nagsugo sa akin. 45Siya na nakakakita sa akin ay nakakakita sa kaniya na nagsugo sa akin. 46Ako ang ilaw na pumarito sa sanlibutan upang ang bawat sumasampalataya sa akin ay hindi manatili sa kadiliman. 47At kung ang sinuman ay nakapakinig ng aking mga salita at hindi sumasampalataya, hindi ko siya hahatulan sapagkat hindi ako pumarito upang hatulan ang sangkatauhan kundi upang iligtas ang sangkatauhan. 48May isang humahatol sa kaniya na tumatanggi sa akin at hindi tumatanggap sa mga salita na aking sinabi. Ang salita na aking sinabi ang siyang hahatol sa kaniya sa huling araw 49sapagkat hindi ako nagsasalita mula sa sarili ko kundi ang Ama na nagsugo sa akin. Siya ang nagbigay ng

12:35 Efe 5:8; 1Jn 1:6
12:36 Luc 16:8
12:38 Rom 10:16
12:40 Mat 13:15
12:41 Luc 24:27
12:43 Rom 2:29
12:44 Mat 10:40

utos kung ano ang dapat kong sabihin at ano ang dapat kong
bigkasin. 50 Alam ko, na ang kaniyang utos ay buhay na walang
hanggan. Kaya ang sinabi ko ay ayon sa sinabi ng Ama sa akin
at sa ganoong paraan ako ay nagsasalita."

Hinugasan ang mga Paa ng mga Alagad

13 Bago dumating ang Pista ng Paglagpas♦, alam ni Jesus
na ang kaniyang oras ay dumating na upang siya ay
lumisan sa sanlibutang ito patungo sa Ama. Inibig niya ang
mga sa kaniya na nasa sanlibutang ito, sila ay inibig niya
hanggang sa wakas. 2 At nang natapos ang hapunan ay inilagay
na nga ng diyablo sa puso ni Judas, ang taga-Keriot na anak
ni Simon, na ipagkanulo si Jesus. 3 Alam ni Jesus na ibinigay
na ng Ama ang lahat ng mga bagay sa kaniyang mga kamay.
Siya ay galing sa Diyos at babalik sa Diyos. 4 Siya ay tumindig
mula sa hapunan at itinabi ang kaniyang mga kasuotan at
kumuha siya ng tuwalya at binigkisan ang kaniyang sarili.
5 Pagkatapos ay nagbuhos siya ng tubig sa palanggana at
nagsimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad at punasan
ng tuwalyang nakabigkis sa kaniya. 6 Nang lumapit siya kay
Simon Pedro at sinabi ni Pedro, "Panginoon, huhugasan mo
ba ang aking mga paa?" 7 Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya,
"Ang aking ginagawa ay hindi mo nauunawaan sa ngayon,
ngunit malalaman mo pagkatapos ng mga ito." 8 Sinabi ni Pedro
sa kaniya, "Kailanman ay hindi mo huhugasan ang aking mga
paa." Sumagot si Jesus sa kaniya, "Kung hindi kita huhugasan,
wala kang bahagi sa akin." 9 Sinabi ni Simon Pedro sa kaniya,
"Panginoon, hindi lamang ang aking mga paa kundi gayundin
ang aking mga kamay at ulo." 10 Sinabi ni Jesus sa kaniya,
"Ang napaliguan na ay hindi na kailangang hugasan maliban
sa kaniyang mga paa. Ngunit siya ay lubos nang malinis. Kayo
ay malinis na bagaman hindi ang lahat." 11 Alam niya kung sino
ang magkakanulo sa kaniya kaya sinabi niya, "Hindi ang lahat
sa inyo ay malinis." 12 Pagkatapos niyang hugasan ang kanilang
mga paa, kinuha niya ang kaniyang mga kasuotan, muli siyang
umupo at sinabi niya sa kanila, "Nalalaman ba ninyo kung
ano ang ginawa ko sa inyo? 13 Tinatawag ninyo akong Guro
at Panginoon. Tama ang sinasabi ninyo sapagkat ako nga.
14 Yamang ako na inyong Panginoon at Guro ay naghugas ng
inyong mga paa, dapat din nga ninyong hugasan ang mga paa
ng isa't isa. 15 Binigyan ko kayo ng halimbawa upang inyong
gawin ang katulad ng ginawa ko sa inyo. 16 Katotohanan,
katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang alipin ay hindi higit na
dakila kaysa sa kaniyang panginoon, ni ang sugo ay hindi higit
na dakila kaysa sa nagsugo sa kaniya. 17 Kung alam na ninyo

12:50 Mat 25:46
13:1 Mat 26:18
13:2 Mat 10:4
13:3 Mat 28:18
13:4 Mat 20:25
13:5 Luc 7:44
13:11 Mat 10:4
13:13 Mat 26:18; Luc 1:43; Gaw 10:36; Rom 10:9; 1Co 12:3; Flp 2:11; Col 2:6
13:14 1Pe 5:5
13:15 Mat 11:29; 1Ti 4:12
13:16 Mat 10:24; Luc 6:40
13:17 Mat 7:24-25; Luc 11:28; San 1:25

ang mga bagay na ito ay pinagpala kayo kung gagawin ninyo ang mga ito.

Ipagkakanulo si Jesus

Mat 26:21-25; Mar 14:18-21; Luc 22:21-23

18"Hindi ako nagsasalita patungkol sa inyong lahat. Kilala ko
ang aking mga hinirang, ngunit upang matupad ang Kasulatan♦,
'Ang kumakain ng tinapay na kasama ko ang siyang nagtaas ng
kaniyang sakong laban sa akin.'

Awi 41:9

19Ngayon ay sinasabi ko sa inyo bago ito dumating, upang
kung ito ay darating, kayo ay sasampalataya na ako iyon.
20Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, siya na
tumatanggap sa sinumang isusugo ko ay tumatanggap sa akin,
at siya na tumatanggap sa akin ay tumatanggap sa kaniya na
nagsugo sa akin."

21Pagkasabi ni Jesus ng mga bagay na ito, nabalisa siya
sa espiritu. Siya ay nagpatotoo at nagsabi, "Katotohanan,
katotohanang sinasabi ko sa inyo, isa sa inyo ang magkakanulo
sa akin." **22**Kaya nagtinginan ang mga alagad sa isa't isa na
naguguluhan kung sino ang tinutukoy niya. **23**Mayroon ngang
nakasandal sa dibdib ni Jesus na isa sa kaniyang mga alagad,
siya ang iniibig ni Jesus. **24**Hinudyatan siya ni Simon Pedro
upang tanungin si Jesus kung sino ang kaniyang tinutukoy. **25**Sa
pagsandal niya sa dibdib ni Jesus, sinabi niya, "Panginoon, sino
siya?" **26**Sumagot si Jesus, "Siya ang bibigyan ko ng isang subo
ng tinapay pagkatapos ko itong maisawsaw." Nang naisawsaw
niya ang isang subo ng tinapay, ibinigay niya iyon kay Judas na
taga-Keriot na anak ni Simon. **27**Pagkatapos ng isang subo ng
tinapay, pumasok sa kaniya si Satanas. Sinabi nga ni Jesus sa
kaniya, "Kung ano ang iyong gagawin ay gawin mo kaagad."
28Walang sinuman sa mga nakaupo sa hapag ang nakakaunawa
kung bakit niya iyon sinabi sa kaniya **29**dahil inakala ng ilan sa
kanila na yamang si Judas ang may hawak ng supot ng salapi
ay sinabi ni Jesus sa kaniya, "Bumili ka ng mga kakailanganin
natin para sa kapistahan," o para sa mga dukha upang mayroon
siyang maibigay. **30**Kaya pagkatanggap niya ng isang subo ay
umalis siya kaagad, at noon ay gabi na.

13:18
Mat 1:22;
26:23
13:20
Mat 10:40
13:21
Mat 26:21
13:25
Mat 26:22
13:26
Mat 10:4
13:27
Luc 22:3
13:30
Luc 22:53
13:31
Mat 8:20;
1Pe 4:11

Ipapagkaila ni Pedro si Jesus

Mat 26:31-35; Mar 14:27-31; Luc 22:31-34

31Kaya nga, nang nakaalis na siya, sinabi ni Jesus,
"Ngayon ay naluwalhati ang Anak ng Tao at ang Diyos ay
naluwalhati sa kaniya. **32**Kung ang Diyos ay naluwalhati sa
kaniya, luluwalhatiin din siya ng Diyos sa kaniyang sarili. At

siya ay kaagad niyang luluwalhatiin. 33Munting mga anak,
makakasama ninyo ako nang kaunting panahon na lamang at
hahanapin ninyo ako. At kagaya ng sinabi ko sa mga Judio,
'kung saan ako pupunta ay hindi ninyo magagawang pumunta.'
Ngayon ganito rin ang sinasabi ko sa inyo. 34Isang bagong utos
ang ibinibigay ko sa inyo na mag-ibigan kayo sa isa't isa. Kung
paanong inibig ko kayo, mag-ibigan din kayo sa isa't isa. 35Sa
pamamagitan nito ay malalaman ng lahat ng mga tao na kayo
ay aking mga alagad kung nagtataglay kayo ng pag-ibig sa isa't
isa."

36Sinabi ni Simon Pedro sa kaniya, "Panginoon, saan
ka pupunta?" Sumagot si Jesus sa kaniya, "Sa ngayon, sa
pupuntahan ko ay hindi ka makakasunod sa akin, ngunit
susunod ka sa akin pagkatapos." 37Sinabi ni Pedro sa kaniya,
"Panginoon, bakit hindi ako makakasunod sa iyo ngayon?
Iaalay ko ang aking buhay alang-alang sa iyong kapakanan."
38Sumagot si Jesus sa kaniya, "Iaalay mo ang iyong buhay
alang-alang sa aking kapakanan? Katotohanan, katotohanang
sinasabi ko sa iyo, hindi titilaok ang tandang hanggang sa
maipagkaila mo ako nang tatlong ulit.

13:34 Efe 5:2; 1Te 4:9; 1Pe 1:22; 1Jn 2:7-11; 4:10-11
13:35 1Jn 3:14
13:36 2Pe 1:14

Inaliw ni Jesus ang mga Alagad

14:3 Mat 16:27
14:6 Gaw 4:12; Efe 2:18; Heb 10:20
14:7 1Jn 2:23
14:9 2Co 4:4; Flp 2:6; Col 1:15; Heb 1:3

14 "Huwag hayaang mabalisa ang inyong mga puso.
Sumasampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya
rin kayo sa akin. 2Sa bahay ng aking Ama ay maraming
tirahan. Kung hindi gayon ay sinabi ko sana sa inyo. Ako ay
paroroon upang maghanda ng dako para sa inyo. 3Kapag ako
ay makaparoon at makapaghanda ng dako para sa inyo, ako
ay muling babalik. Kayo ay aking tatanggapin sa aking sarili
upang kung saan ako naroroon ay dumuon din kayo. 4Kung
saan ako pupunta ay alam ninyo at alam na ninyo ang daan."

Si Jesus ang Daan Patungo sa Ama

5Sinabi sa kaniya ni Tomas, "Panginoon, hindi namin alam
kung saan ka pupunta. Paano namin malaman ang daan?"
6Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ako ang Daan, ang Katotohanan at
ang Buhay. Walang sinumang makakapunta sa Ama maliban
sa pamamagitan ko. 7Kung ako ay kilala na ninyo, kilala na rin
ninyo ang aking Ama. Mula ngayon ay kilala na ninyo siya at
nakita na ninyo siya."

8Sinabi ni Felipe sa kaniya, "Panginoon, ipakita mo sa amin
ang Ama at sapat na iyon sa amin." 9Sinabi ni Jesus sa kaniya,
"Felipe, matagal nang panahon na ako ay kasama ninyo at
hindi mo pa ako kilala? Ang sinumang nakakita na sa akin ay
nakakita na sa Ama. Bakit mo sinasabi, 'Ipakita mo sa amin

ang Ama'? 10Hindi ka ba sumasampalataya na ako ay nasa
Ama at ang Ama ay nasa akin? Ang mga salitang sinasabi ko
sa inyo ay hindi ko sinasabi mula sa aking sarili. Ang Ama
na nananahan sa akin, siya ang gumagawa ng mga gawain.
11Sumampalataya ka sa akin na ako ay nasa Ama at ang Ama
ay nasa akin. Ngunit kung hindi, sumampalataya ka sa akin
dahil sa aking mga gawa mismo.

12"Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, siya
na sumasampalataya sa akin ay gagawa rin ng mga gawaing
ginagawa ko. Higit sa mga ito ang gagawin niya sapagkat ako
ay pupunta sa aking Ama. 13Anuman ang inyong hihilingin sa
pangalan ko, iyon ay gagawin ko upang maluwalhati ang Ama
sa pamamagitan ng Anak. 14Kung hihiling kayo ng anumang
bagay sa aking pangalan, gagawin ko iyon. 15Kung iniibig
ninyo ako, tuparin ninyo ang aking mga utos.

Ang Ipinangakong Banal na Espiritu

16"Hihingi ako sa Ama at bibigyan niya kayo ng ibang
Mang-aaliw upang siya ay mananatili sa inyo magpakailanman,
17siya ang Espiritu ng Katotohanan. Hindi siya matatanggap
ng sangkatauhan sapagkat siya ay hindi nito nakikita, ni hindi
nito nakikilala. Kilala ninyo siya sapagkat siya ay nananatiling
kasama ninyo at sasainyo.

18"Hindi ko kayo iiwanan na mga ulila, ako ay babalik sa
inyo. 19Kaunting panahon na lamang at hindi na ako makikita
ng sangkatauhan ngunit nakikita ninyo ako. Yamang ako ay
nabubuhay, kayo rin naman ay mabubuhay. 20Sa araw na iyon
ay malalaman ninyo na ako ay nasa aking Ama. Kayo naman
ay nasa akin at ako ay nasa inyo. 21Siya na nagtataglay ng aking
mga utos at tumutupad sa mga ito ay siyang umiibig sa akin.
Ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama. Siya ay iibigin ko
at ipahahayag ko sa kaniya ang aking sarili." 22Sinabi sa kaniya
ni Judas na hindi taga-Keriot, "Panginoon, ano ang nangyari
dahil sa amin mo ipapahayag ang iyong sarili at hindi sa
sangkatauhan?" 23Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, "Kung
ang sinuman ay umiibig sa akin, tutuparin niya ang aking mga
salita at iibigin siya ng aking Ama. Kami ay pupunta sa kaniya
at mananahan na kasama niya. 24Siya na hindi umiibig sa akin
ay hindi tumutupad sa aking mga salita. Ang salita na inyong
naririnig ay hindi sa akin kundi sa Ama na nagsugo sa akin.

25"Ang mga ito ay sinabi ko sa inyo habang ako ay
nananatiling kasama ninyo. 26Ang Mang-aaliw, ang Banal
na Espiritu, na siyang susuguin ng Ama sa pangalan ko ang
magtuturo sa inyo ng lahat at ipapaalala sa inyo ng lahat ng
mga sinabi ko sa inyo. 27Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo.

14:12 Mat 21:21; Luc 10:17
14:13 Mat 7:7
14:15 1Jn 2:3-5; Pah 12:17
14:17 1Co 2:14
14:18 Mat 16:27
14:20 Rom 8:10
14:21 1Jn 2:5
14:22 Luc 6:16; Gaw 1:13; 10:41
14:23 Rom 8:10
14:26 Gaw 2:33; 1Jn 2:20,27
14:27 Luc 2:14; Flp 4:7; Col 3:15

Ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo at hindi katulad ng ibinibigay ng sanlibutan ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag mabalisa, ni mangamba ang inyong puso. 28Narinig ninyo ang sinabi ko sa inyo, 'ako ay aalis at muling babalik sa inyo.' Kung ako ay iniibig ninyo, magagalak kayo sapagkat sinabi kong 'ako ay pupunta sa Ama,' dahil ang aking Ama ay higit kaysa sa akin. 29Sinabi ko na sa inyo ito bago pa mangyari, upang kung ito ay mangyayari ay manampalataya kayo. 30Simula ngayon ay hindi na ako magsasalita pa ng marami sa inyo sapagkat ang prinsipe ng sanlibutang ito ay dumarating at siya ay walang kaugnayan sa akin. 31Ngunit kung paano ako inutusan ng Ama, gayundin ang ginagawa ko upang malaman ng sangkatauhan na iniibig ko ang Ama. Tumindig kayo, aalis na tayo rito."

Ang Tunay na Puno ng Ubas

15 "Ako ang tunay na puno ng ubas at ang aking Ama ang tagapag-alaga. 2Ang bawat sanga na nasa akin na hindi nagbubunga ay inaalis niya at ang bawat sangang nagbubunga ay nililinis niya upang magbunga pa ng marami. 3Kayo ay malinis na sa pamamagitan ng salita na sinalita ko sa inyo. 4Manatili kayo sa akin at ako sa inyo. Kung paanong ang sanga ay hindi makakapamunga sa kaniyang sarili maliban na ito ay manatili sa puno ng ubas, hindi rin kayo makakapamunga maliban na manatili kayo sa akin.

5"Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Siya na nananatili sa akin at ako sa kaniya, siya ay magbubunga nang sagana sapagkat kung hiwalay kayo sa akin hindi kayo makakagawa ng anuman. 6Kung ang sinuman ay hindi manatili sa akin, siya ay itinatapon sa labas katulad ng sanga at ito ay natutuyo. Kanilang tinitipon ang mga iyon at itinatapon sa apoy kaya ang mga ito ay nasusunog. 7Kung kayo ay manatili sa akin at ang aking mga salita ay manatili sa inyo, hihilingin ninyo ang anumang inyong nanaisin at ito ay mangyayari sa inyo. 8Sa ganito naluluwalhati ang aking Ama upang kayo ay makakapamunga ng sagana at kayo ay magiging aking mga alagad.

9"Kung paanong inibig ako ng Ama ay inibig ko rin kayo. Manatili kayo sa aking pag-ibig. 10Kung matupad ninyo ang aking mga utos, mananatili kayo sa aking pag-ibig kung paanong tinupad ko ang mga utos ng aking Ama at nananatili sa kaniyang pag-ibig.

11"Ang mga bagay na ito ay sinabi ko sa inyo upang ang aking kagalakan ay manatili sa inyo at upang ang inyong kagalakan ay malubos. 12Ito ang aking utos upang mag-ibigan kayo sa isa't isa kagaya ng pag-ibig ko sa inyo. 13Walang

14:28 Mat 16:27
15:2 Mat 3:8, 10; Gal 5:22; Efe 5:9; Flp 1:11
15:3 Efe 5:26
15:6 Mat 3:10
15:7 Mat 7:7
15:8 Mat 9:8
15:13 Rom 5:7-8

sinumang nagtataglay ng pag-ibig na higit pa sa pag-ibig
na ito, na may isang nag-alay ng kaniyang buhay para sa
kaniyang mga kaibigan. 14 Kayo ay aking mga kaibigan kung
nagagawa ninyo ang anumang iniuutos ko sa inyo. 15 Mula
ngayon, hindi ko na kayo tinatawag na mga alipin sapagkat
hindi alam ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang
panginoon. Sa halip ay tinawag ko na kayong mga kaibigan
sapagkat lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay
aking ipinaalam sa inyo. 16 Hindi ninyo ako hinirang ngunit
ako ang humirang sa inyo at nagtalaga sa inyo upang kayo
ay humayo at mamunga, at ang inyong bunga ay manatili
upang anumang bagay ang inyong hihilingin sa aking Ama
sa pangalan ko ay ibibigay niya sa inyo. 17 Ang mga bagay na
ito ay iniuutos ko sa inyo upang kayo ay mag-ibigan sa isa't
isa.

15:14
Mat 12:50;
Luc 12:4
15:16
Mat 7:7;
27:26;
Mar 15:25;
Luc 23:25
15:18
1Jn 3:13
15:20
2Ti 3:12
15:21
Mat
5:10-11;
Luc 6:22;
Gaw 5:41;
1Pe 4:14;
Pah 2:3
15:22
Rom 1:20
15:26
1Jn 5:7
15:27
Luc 24:48;
1Jn 1:2

Kinamuhian ng Sanlibutan ang mga Alagad

18 "Kung kinamumuhian kayo ng sangkatauhan, alam
ninyo na kinamuhian na ako nito bago pa man kayo. 19 Kung
kayo ay sa sanlibutan, mamahalin ng sanlibutan ang sariling
kaniya. Subalit yamang kayo ay hindi sa sanlibutan, sa
halip, kayo ay mga hinirang ko mula sa sanlibutan, kaya
kinamumuhian kayo ng sangkatauhan. 20 Alalahanin ninyo
ang mga salitang sinabi ko sa inyo, 'Ang alipin ay hindi
higit kaysa sa kaniyang panginoon.' Kung ako ay kanilang
pinagmalupitan, pagmamalupitan din nila kayo. Kung
tinupad nila ang aking salita, tutuparin din nila ang sa inyo.
21 Gayunpaman, ang lahat ng mga bagay na ito ay gagawin
nila sa inyo dahil sa pangalan ko sapagkat siya na nagsugo
sa akin ay hindi nila kilala. 22 Kung hindi ako pumarito at
nagsalita sa kanila, hindi sana sila nagkaroon ng kasalanan.
Ngunit ngayon ay wala na silang maikakatwiran patungkol
sa kanilang kasalanan. 23 Siya na namumuhi sa akin ay
namumuhi rin sa aking Ama. 24 Kung hindi ko ginawa sa
kanila ang mga gawaing hindi ginawa ng sinuman, hindi
sana sila nagkaroon ng kasalanan. Ngunit ngayon ay nakita
nila ang mga gawain, kaya kinamuhian nila ako at ang aking
Ama 25 upang matupad ang salita na nasusulat sa kanilang
Kautusan, 'Kinamuhian nila ako ng walang dahilan.'
Awi 35:19; 69:4

26 "Ngunit kapag dumating ang Mang-aaliw, na aking
susuguin sa inyo mula sa Ama, ang Espiritu ng katotohanan
na magmumula sa Ama, siya ay magpapatotoo patungkol sa
akin. 27 Kayo rin ay nagpapatotoo sapagkat mula sa simula,
kasama ko na kayo."

16 "Ang mga bagay na ito ay sinabi ko sa inyo upang hindi
kayo matisod. **2**Kayo ay palalayasin nila sa mga sinagoga.
Ngunit darating ang oras na ang bawat isang papatay sa inyo
ay mag-aakalang naghahandog siya ng paglilingkod sa Diyos.
3Gagawin nila sa inyo ang mga bagay na ito sapagkat hindi nila
kilala ang Ama, ni ako. **4**Ngunit ang mga bagay na ito ay sinabi
ko sa inyo upang sa pagdating ng oras, maaalala ninyo na sinabi
ko sa inyo ang mga ito. Subalit sa pasimula ay hindi ko sinabi
sa inyo ang mga bagay na ito sapagkat ako ay kasa-kasama
ninyo.

Ang Gawain ng Banal na Espiritu

5"Subalit ngayon ay pupunta ako sa kaniya na nagsugo sa
akin at walang sinuman sa inyo ang nagtatanong sa akin, 'Saan
ka pupunta?' **6**Dahil sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito,
napuno ng pagdadalamhati ang inyong mga puso. **7**Ngunit
sinasabi ko sa inyo ang katotohanan, makakabuti sa inyo na
ako ay umalis sapagkat kung hindi ako aalis, ang Mang-aaliw
ay hindi darating sa inyo. Kapag ako ay nakaalis, susuguin
ko siya sa inyo. **8**Pagdating niya ay kaniyang uusigin ang
sangkatauhan patungkol sa kasalanan, patungkol sa katuwiran
at patungkol sa kahatulan: **9**patungkol sa kasalanan sapagkat
hindi sila sumasampalataya sa akin; **10**patungkol sa katuwiran
sapagkat ako ay pumupunta sa aking Ama at hindi na ninyo ako
nakikita; **11**patungkol sa kahatulan sapagkat ang prinsipe ng
sanlibutang ito ay nahatulan na.

16:1 Mat 11:6
16:2 Gaw 6:9-10; Pah 6:9
16:10 Gaw 3:14; Rom 1:17; 1Pe 3:18
16:12 Mar 4:33; 1Co 3:2

12"Marami pa akong sasabihin sa inyo ngunit hindi ninyo
ito kayang batahin sa ngayon. **13**Gayunpaman, sa pagdating ng
Espiritu ng Katotohanan, kayo ay papatnubayan niya sa lahat
ng katotohanan sapagkat hindi siya magsasalita ng patungkol
sa kaniyang sarili. Ngunit ang lahat na kaniyang narinig ay
kaniyang sasabihin at ang mga bagay na darating ay kaniyang
ipapahayag sa inyo. **14**Ako ay luluwalhatiin niya sapagkat
tatanggapin niya ito mula sa akin at ipapahayag sa inyo. **15**Ang
lahat ng mga bagay na mayroon ang Ama ay akin. Dahil dito,
sinabi ko na tatanggapin niya* ito mula sa akin at ipapahayag sa
inyo. **16**Sa sandaling panahon, at hindi na ninyo ako makikita.
Muli, sa sandaling panahon, at ako ay makikita ninyo sapagkat
ako ay pupunta sa Ama."

Magiging Kagalakan ang Inyong Kalungkutan

17Kaya ang ilan sa kaniyang mga alagad ay nagsabi sa isa't
isa, "Ano itong sinasabi niya sa atin? 'Sa sandaling panahon

* **16:15** *niya*: Ang panghalip na ito ay tumutukoy sa Espiritu ng Katotohanan, ang Banal na Espiritu.

at hindi na ninyo ako makikita. Muli, sa sandaling panahon
at ako ay makikita ninyo' at 'sapagkat ako ay pupunta sa
Ama.'" 18Sinabi nga nila, "Ano itong sinasabi niya, 'Sa
sandaling panahon'? Hindi natin nauunawaan ang sinasabi
niya." 19Nalaman nga ni Jesus na ninanais nilang magtanong
sa kaniya, kaya sinabi niya sa kanila, "Nagtatanong ba kayo
sa isa't isa patungkol dito sa sinabi ko, 'Sa sandaling panahon,
at hindi ninyo ako makikita, at muli sa sandaling panahon, at
ako ay makikita ninyo'? 20Katotohanan, katotohanang sinasabi
ko sa inyo na kayo ay tatangis at mananaghoy subalit ang
sangkatauhan ay magagalak. Kayo ay magdadalamhati ngunit
ang inyong pagdadalamhati ay magiging kagalakan. 21Ang
babae kapag manganganak ay nagdaranas ng hirap sapagkat
ang kaniyang oras ay dumating na. Subalit pagkapanganak
niya sa sanggol ay hindi na niya naaalala ang paghihirap
dahil sa kagalakang may isang taong isinilang sa sanlibutan.
22Gayundin naman, kayo nga ngayon ay may pagdadalamhati
subalit makikita ko kayong muli, at ang inyong puso ay
magagalak at ang inyong kagalakan ay hindi maaagaw ng
sinuman mula sa inyo. 23Sa araw na iyon ay hindi kayo hihiling
sa akin ng anuman. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko
sa inyo na anuman ang inyong hilingin sa Ama sa pangalan
ko ay ibibigay niya sa inyo. 24Hanggang sa ngayon ay wala
pa kayong hiniling sa pangalan ko. Humiling kayo at kayo ay
makakatanggap upang malubos ang inyong kagalakan.

25"Ang mga bagay na ito ay sinabi ko sa inyo sa pamamagitan
ng mga kawikaan. Dumarating ang oras na hindi na ako
magsasalita sa inyo sa pamamagitan ng mga kawikaan, ngunit
tuwiran ko nang ipapahayag sa inyo ang patungkol sa Ama.

26"Sa araw na iyon, kayo mismo ay hihiling sa pangalan ko.
Hindi ko sinasabi sa inyo na hihiling ako sa Ama para sa inyo
27sapagkat ang Ama mismo ang siyang umiibig sa inyo dahil
inibig ninyo ako at sumampalataya kayo na ako ay nagmula sa
Diyos. 28Ako ay nagmula sa Ama at pumarito sa sanlibutan.
Muli kong iiwanan ang sanlibutan at ako mismo ay pupunta sa
Ama."

29Ang kaniyang mga alagad ay nagsabi sa kaniya, "Narito,
tuwiran ka nang nagsasalita ngayon at wala ka ng sinasabing
kawikaan. 30Ngayon ay tiyak na namin na alam mo ang lahat
ng mga bagay at hindi na kailangang tanungin ka ng sinuman.
Dahil dito, kami ay sumasampalataya na ikaw ay nagmula
sa Diyos." 31Sumagot sa kanila si Jesus, "Sumasampalataya
ba kayo ngayon? 32Narito, dumarating na ang oras at ngayon
ay dumating na upang kayo ay magsisipangalat, magkaniya-
kaniya at maiiwanan ninyo akong mag-isa, ngunit ako ay hindi

16:20 Mar 16:10; Luc 23:27
16:21 1Te 5:3
16:23 Mat 7:7
16:24 Mat 7:7
16:25 Mat 13:34; Mar 4:33-34
16:32 Mat 26:31,56

nag-iisa sapagkat ang Ama ay kasama ko. 33Ang mga bagay na
ito ay sinabi ko sa inyo upang sa akin ay magkaroon kayo ng
kapayapaan. Sa sanlibutan ay magkakaroon kayo ng kahirapan
subalit lakasan ninyo ang inyong loob, napagtagumpayan ko na
ang sanlibutan."

Ang Panalangin ni Jesus

17 Sinabi ni Jesus ang mga ito at itinanaw niya ang
kaniyang mga mata sa langit at nagsabi, "Ama ang
oras ay dumating na. Luwalhatiin mo ang iyong Anak upang
luwalhatiin ka rin ng iyong Anak 2kung paanong ibinigay
mo sa kaniya ang kapamahalaan sa lahat ng tao upang ang
lahat na ibinigay mo sa kaniya ay mabigyan ng buhay na
walang hanggan. 3At ito ang buhay na walang hanggan upang
makilala ka nila, ang tanging Diyos na totoo at si Jesu-Cristo
na iyong isinugo. 4Ikaw ay aking niluwalhati sa lupa at ginanap
ko ang gawaing ibinigay mo sa akin na dapat kong gawin.
5Ama, luwalhatiin mo ako ngayon kasama ng iyong sarili ng
kaluwalhatiang taglay ko na kasama ka bago pa likhain ang
sanlibutan.

16:33 Rom 8:37; 1Jn 4:4
17:1 Mat 26:18
17:2 Mat 25:46; 28:18
17:3 Flp 3:8
17:5 Flp 2:6
17:9 Luc 22:32
17:12 Mat 1:22

Ipinanalangin ang mga Alagad

6"Ipinahayag ko ang iyong pangalan sa mga taong ibinigay
mo sa akin mula sa sanlibutan. Sila ay sa iyo, ibinigay mo sila
sa akin at tinupad nila ang iyong salita. 7Ngayon ay alam na
nila na ang lahat ng mga bagay na ibinigay mo sa akin ay mula
sa iyo, 8sapagkat ibinigay ko na sa kanila ang mga salitang
ibinigay mo sa akin at tinanggap nila ang mga ito. Totoong
alam nila na ako ay nagmula sa iyo at sila ay sumampalataya na
ako ay isinugo mo.

9"Ako ay humihingi alang-alang sa kanila. Hindi ako
humihingi para sa sangkatauhan kundi alang-alang sa kanila
na ibinigay mo sa akin sapagkat sila ay sa iyo. 10Ang lahat ng
mga nasa akin ay sa iyo, ang mga sa iyo ay sa akin at ako ay
naluwalhati sa kanila. 11Ngayon ay wala na ako sa sanlibutan,
ngunit ang mga ito ay nasa sanlibutan at ako ay patungo sa
iyo. Banal na Ama, ingatan mo sila sa iyong pangalan, sila na
ibinigay mo sa akin, upang sila ay maging isa katulad natin.
12Nang ako ay nasa sanlibutan kasama nila, binantayan ko sila
sa pangalan mo. Yaong mga ibinigay mo sa akin ay iningatan
ko at walang sinuman sa kanila ang napahamak, maliban sa
anak ng kapahamakan, upang ang Kasulatan♦ ay matupad.
13Subalit papunta ako sa iyo ngayon. Ang mga bagay na ito
ay sinasabi ko sa sangkatauhan upang sila ay magkaroon ng
aking kagalakan at mapuspos sila nito. 14Ibinigay ko sa kanila

ang iyong salita at sila ay kinamuhian ng sangkatauhan dahil
sila ay hindi taga-sanlibutan, kung paanong ako ay hindi
taga-sanlibutan. 15Hindi ko hinihingi na kunin mo sila mula
sa sanlibutan kundi upang maingatan mo sila mula sa kaniya
na masama. 16Sila ay hindi taga-sanlibutan kung paanong
ako ay hindi taga-sanlibutan. 17Pabanalin* mo sila sa iyong
katotohanan. Ang iyong salita ay katotohanan. 18Kung paanong
isinugo mo ako sa sanlibutan, gayundin naman isinugo ko
sila sa sanlibutan. 19Pinababanal ko ang aking sarili para sa
kanilang kapakanan upang sila rin naman ay maging banal sa
pamamagitan ng katotohanan.

Panalangin para sa mga Mananampalataya

20"Ako ay humihingi hindi lamang para sa kanila ngunit
para rin naman sa kanila na sasampalataya sa akin sa
pamamagitan ng kanilang salita, 21upang silang lahat ay
maging isa katulad sa iyo Ama na sumasaakin at ako ay
sumasaiyo. Upang sila rin ay maging isa sa atin at upang ang
sangkatauhan ay sumampalataya na ikaw ang nagsugo sa akin.
22Ang kaluwalhatian na ibinigay mo sa akin ay ibinigay ko sa
kanila upang sila ay maging isa katulad natin na isa. 23Ako ay
sa kanila at ikaw ay sa akin upang sila ay maging ganap na isa,
at upang malaman ng sangkatauhan na isinugo mo ako at inibig
mo sila kung paanong ako ay inibig mo.

24"Ama, ninanais ko na kung saan ako naroroon, yaon ding
mga ibinigay mo sa akin ay makaparoon kasama ko, upang
mamasdan nila ang aking kaluwalhatian na ibinigay mo sa
akin sapagkat inibig mo ako bago itinatag ang sanlibutan.
25Matuwid na Ama, hindi ka kilala ng sangkatauhan subalit
kilala kita at alam ng mga ito na ako ay isinugo mo. 26At aking
ipinahayag sa kanila ang iyong pangalan at ipapahayag ko
pa ito upang ang pag-ibig mo, kung saan mo ako inibig, ay
mapasakanila at ako ay sumakanila."

Dinakip Nila si Jesus

Mat 26:47-56; Mar 14:43-51; Luc 22:47-53

18 Pagkasabi ni Jesus ng mga ito, umalis siya kasama
ang kaniyang mga alagad patungo sa kabilang batis ng
Kedron kung saan ay may halamanan. Siya at ang kaniyang
mga alagad ay pumasok doon. 2Si Judas na magkakanulo
sa kaniya ay alam din ang lugar na iyon sapagkat si Jesus at
ang kaniyang mga alagad ay madalas na magtipon doon. 3At
dumating si Judas kasama ang batalyon♦ ng mga kawal at

17:15 Mat 5:37
17:24 Mat 25:34
18:1 Mat 21:1; 26:36
18:2 Luc 21:37
18:3 Gaw 1:16

* **17:17** *Pabanalin*: Kung patungkol sa tao, ito ay pagkatalaga para sa Diyos at para sa katuparan ng kaniyang kalooban; tingnan ang talata 19.

mga opisyal mula sa mga punong saserdote at sa mga Fariseo.
Dumating sila roon na may dalang mga sulo, mga ilawan at
mga sandata. 4Si Jesus nga na nakakaalam ng lahat ng mga
bagay na magaganap sa kaniya ay lumabas at sinabi sa kanila,
"Sino ang hinahanap ninyo?" 5Sumagot sila sa kaniya, "Si
Jesus na taga-Nazaret." Sinabi ni Jesus sa kanila, "Ako nga." Si
Judas na magkakanulo sa kaniya ay nakatayo ring kasama nila.
6Kaya nang kaniyang sinabi sa kanila, "Ako nga," napaurong
sila at natumba sa lupa. 7Muli nga niya silang tinanong, "Sino
ang hinahanap ninyo?" Sinabi nila, "Si Jesus na taga-Nazaret."
8Sumagot si Jesus, "Sinabi ko sa inyo na ako nga. Kung ako
ang inyong hinahanap, payagan ninyong umalis ang mga
ito," 9upang matupad ang salitang kaniyang sinabi, "Sa mga
ibinigay mo sa akin ay wala akong ipinahamak kahit isa sa
kanila." 10Si Simon Pedro nga ay may tabak, binunot niya ito
at tinaga niya ang alipin ng pinakapunong saserdote at tinigpas
ang kaniyang kanang tainga. Ang pangalan ng alipin ay Malcu.
11Sinabi nga ni Jesus kay Pedro, "Ibalik mo ang iyong tabak sa
kaluban. Hindi ko ba iinumin ang saro na ibinigay sa akin ng
Ama?"

18:5 Mar 1:24
18:11 Mat 20:22
18:13 Mat 26:3
18:15 Mat 26:3, 58; Mar 14:54; Luc 22:54
18:18 Mar 14:54,67

Dinala si Jesus kay Anas

12Hinuli nga si Jesus ng batalyon ng mga kawal, ng
pinunong kapitan♦ at ng mga opisyal ng mga pinuno ng mga
Judio at siya ay kanilang ginapos. 13Siya ay dinala muna
nila kay Anas na biyenang lalaki ni Caifas na pinakapunong
saserdote ng taon ding iyon. 14Si Caifas ang nagbigay ng payo
sa mga pinuno ng mga Judio na makabubuti na isang tao ang
mamatay para sa mga tao.

Ipinagkaila ni Pedro si Jesus

Mat 26:69-70; Mar 14:66-68; Luc 22:55-57

15Si Simon Pedro at ang isa pang alagad ay sumunod kay
Jesus. Ang alagad na iyon ay kilala ng pinakapunong saserdote
kaya siya ay pumasok na kasama ni Jesus sa bulwagan ng
pinakapunong saserdote. 16Subalit si Pedro ay nakatayo sa
labas ng pintuan. Kaya, ang alagad na kilala ng pinakapunong
saserdote ay lumabas at kinausap ang babaing tagapagbantay
sa pintuan at pinapasok si Pedro. 17Sinabi nga kay Pedro ng
aliping babae na tagapagbantay sa pintuan, "Hindi ba ikaw
ay isa sa mga alagad ng taong ito?" Sinabi niya, "Hindi
ako." 18Ang mga alipin at mga opisyal ay nakatayo roon na
nagpabaga ng uling sapagkat malamig noon at pinapainitan
nila ang kanilang mga sarili. Si Pedro rin ay nakatayo kasama
nila at pinapainitan ang kaniyang sarili.

Tinanong si Jesus

19 Tinanong si Jesus ng pinakapunong saserdote patungkol
sa kaniyang mga alagad at sa kaniyang katuruan. 20 Sumagot si
Jesus sa kaniya, “Ako ay hayagang nagsalita sa sangkatauhan.
Ako ay palaging nagtuturo sa sinagoga at sa templo na palaging
pinagtitipunan ng mga Judio at wala akong sinabing lihim.
21 Bakit mo ako tinatanong? Tanungin mo ang mga nakarinig
sa akin kung ano ang sinabi ko sa kanila. Narito, alam nila ang
sinabi ko.” 22 Pagkasabi niya ng mga bagay na ito, isa sa mga
opisyal na nakatayo ang sumampal kay Jesus. Sinabi niya, “Sa
ganiyang paraan ka ba sumagot sa pinakapunong saserdote?”
23 Sumagot sa kaniya si Jesus, “Kung masama ang aking sinabi,
patunayan mo kung ito ay masama, subalit kung mabuti, bakit
mo ako hinahampas?” 24 Kaya iniutos ni Anas na nakagapos
siyang dalhin kay Caifas na pinakapunong saserdote.

Ang Pagkakaila ni Pedro

Mat 26:71-75; Mar 14:69-72; Luc 22:58-62

25 Si Simon Pedro ay nakatayo at pinapainitan ang kaniyang
sarili. Sinabi nga nila sa kaniya, “Hindi ba ikaw rin ay isa sa
kaniyang mga alagad?” Ipinagkaila niya ito at sinabi, “Hindi
ako!” 26 Sinabi ng isa sa mga alipin ng pinakapunong saserdote
na kamag-anak niyaong tinigpasan ni Pedro ng tainga, “Hindi
ba nakita kitang kasama niya sa halamanan?” 27 Kaya muling
nagkaila si Pedro at kaagad tumilaok ang tandang.

18:20 Mat 26:55
18:22 Mat 16:21
18:23 Mat 5:39; Gaw 23:2-5
18:28 Mat 27:2
18:32 Mat 20:19
18:33 Mat 2:2; Luc 23:3

Si Jesus sa Harap ni Pilato

Mat 27:11-26; Mar 15:1-5; Luc 23:1-7

28 Dinala nga nila si Jesus mula kay Caifas patungo sa
Pretorio♦, ngunit maaga pa noon kaya hindi sila pumasok sa
Pretorio nang hindi sila madungisan at upang sila ay makakain
sa Araw ng Paglagpas♦. 29 Kaya lumabas si Pilato at sinabi sa
kanila, “Anong paratang ang dala ninyo laban sa taong ito?”
30 Sila ay sumagot at sinabi sa kaniya, “Kung hindi salarin ang
taong ito, hindi na sana namin siya ibinigay sa iyo.” 31 Sinabi
nga ni Pilato sa kanila, “Kunin ninyo siya at hatulan ninyo
siya ayon sa inyong batas.” Sinabi nga ng mga pinuno ng
mga Judio sa kaniya, “Wala kaming karapatang pumatay ng
sinuman.” 32 Ito ay upang matupad ang sinabi ni Jesus nang
kaniyang ipahayag kung sa anong paraan ng kamatayan siya ay
mamamatay.

33 Pumasok ngang muli si Pilato sa Pretorio, tinawag si
Jesus at sinabi sa kaniya, “Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?”
34 Sumagot sa kaniya si Jesus, “Sinasabi mo ba ito mula sa
iyong sarili? O may ibang nagsabi sa iyo patungkol sa akin?”

35Sumagot si Pilato, “Ako ba ay isang Judio? Dinala ka sa akin
ng iyong sariling bansa at ng mga punong saserdote. Ano ba
ang ginawa mo?” 36Sumagot si Jesus, “Ang aking paghahari
ay hindi mula sa sanlibutang ito. Kung ang aking paghahari ay
mula sa sanlibutang ito, makikipaglaban sana ang aking mga
lingkod upang hindi ako maibigay sa mga pinuno ng mga Judio.
Ngunit ngayon ang aking paghahari ay hindi rito nagmula.”
37Kaya nga sinabi ni Pilato sa kaniya, “Kung gayon, ikaw ba
ay isang hari?” Sumagot si Jesus, “Ikaw ang nagsasabi na ako
ay isang hari. Ito ang dahilan kung bakit ako ipinanganak at sa
dahilang ito ay pumarito ako sa sanlibutan upang magpatotoo
sa katotohanan. Ang bawat isang nasa katotohanan ay
dumirinig ng aking tinig.” 38Sinabi ni Pilato sa kaniya, “Ano
ang katotohanan?” Pagkasabi niya nito, muli siyang pumunta
sa mga pinuno ng mga Judio at sinabi sa kanila, “Wala akong
nakikita ni isang kasalanan sa kaniya. 39Ngunit kayo ay may
kaugalian na aking mapapalaya ang isa sa inyo sa Araw ng
Paglagpas. Nais nga ba ninyo na palayain ko ang Hari ng mga
Judio?” 40Kaya silang lahat ay muling sumigaw na sinasabi,
“Hindi ang taong ito, kundi si Barabas!” Ngunit si Barabas ay
isang tulisan.

18:36 Mat 3:2; 26:53; Luc 17:21
18:37 1Jn 4:6
18:38 Luc 23:4
18:40 Gaw 3:14
19:1 Mat 27:26
19:3 Mat 27:29
19:4 Luc 23:4
19:6 Luc 23:4; Gaw 3:13
19:7 Mat 26:63,66
19:9 Mar 14:61

Ipinapako si Jesus sa Krus

19 Nang magkagayon, kinuha ni Pilato si Jesus at hinagupit
siya. 2Ang mga kawal ay nagsalapid ng putong na
mula sa mga tinik at ipinatong ito sa kaniyang ulo at kanilang
sinuotan siya ng balabal na kulay ube. 3At sinabi nila, “Magalak
ka, Hari ng mga Judio!” At siya ay kanilang pinagsasampal.
4Kaya si Pilato ay muling lumabas at sinabi sa kanila, “Narito,
dinadala ko siya sa inyo upang inyong malaman na wala akong
nakikita ni isang kasalanan sa kaniya.” 5Kaya lumabas si Jesus
na nakasuot ng putong na tinik at ng balabal na kulay ube.
Sinabi ni Pilato sa kanila, “Narito ang lalaki.” 6Kaya nang
namasdan siya ng mga punong saserdote at ng mga opisyal,
sila ay sumigaw na sinasabi, “Ipako siya sa krus! Ipako siya sa
krus!”

Sinabi ni Pilato sa kanila, “Kunin ninyo siya at ipako siya
sa krus sapagkat wala akong nakitang kasalanan sa kaniya.”
7Sumagot sa kaniya ang mga pinuno ng mga Judio, “Kami
ay may batas at ayon sa aming batas, dapat siyang mamatay
sapagkat ginawa niyang Anak ng Diyos ang kaniyang
sarili.” 8Kaya nang narinig ni Pilato ang salitang ito, lalo
siyang natakot. 9Siya ay muling pumasok sa Pretorio♦ at
sinabi kay Jesus, “Saan ka ba nagmula?” Subalit walang
isinagot si Jesus sa kaniya. 10Kaya sinabi ni Pilato sa kaniya,

"Wala ka bang sasabihin sa akin? Hindi mo ba alam na ako
ay may kapamahalaang ipapako ka sa krus at ako ay may
kapamahalaang palayain ka?" **11**Sumagot si Jesus, "Hindi
ka magkakaroon ng anumang kapamahalaan laban sa akin
maliban na ibinigay ito sa iyo mula sa itaas. Dahil dito, ang
nagbigay sa akin sa iyo ay may higit na kasalanan."

12Mula noon humanap ng paraan si Pilato na mapalaya siya.
Subalit ang mga Judio ay sumigaw na sinasabi, "Kung palayain
mo ang taong ito, hindi ka kaibigan ni Cesar♦. Ang bawat isa
na ginagawang hari ang kaniyang sarili ay nagsasalita laban
kay Cesar." **13**Kaya pagkarinig ni Pilato ng salitang ito, dinala
niya si Jesus palabas. Si Pilato ay umupo sa upuan ng hukom sa
dakong tinatawag na Pabimento* subalit sa Hebreo ay Gabata.
14Ngunit noon ay Paghahanda♦ sa Araw ng Paglagpas♦ at mag-
ikaanim† na ang oras. Sinabi niya sa mga Judio, "Narito ang
inyong Hari!" **15**Subalit sila ay sumigaw, "Paalisin mo siya!
Paalisin mo siya! Ipako siya sa krus!" Sinabi ni Pilato sa kanila,
"Ipapapako ko ba sa krus ang inyong hari?" Ang mga punong
saserdote ay sumagot, "Wala kaming hari maliban kay Cesar."
16Nang magkagayon, ibinigay niya si Jesus sa kanila upang
maipako sa krus. Kinuha nila si Jesus at siya ay inilayo.

Ipinako sa Krus si Jesus

Mat 27:32-44; Mar 15:21-32; Luc 23:26-43

17Lumabas siyang pasan-pasan ang kaniyang krus patungo
sa tinatawag na Dako ng Bungo, na ang tawag sa wikang
Hebreo ay Golgota♦, **18**sa lugar kung saan siya ay ipinako nila sa
krus, kasama niya ang dalawa pa na nasa magkabilang bahagi
at si Jesus ang nasa gitna. **19**Subalit si Pilato ay sumulat din ng
isang pamagat‡ at inilagay ito sa krus. Ang nakasulat ay,

SI JESUS NA TAGA-NAZARET, ANG HARI NG MGA
JUDIO.

20Kaya ang pamagat na ito ay nabasa ng mga Judio sapagkat
ang lugar kung saan si Jesus ay ipinapako sa krus ay malapit
sa lungsod. Ito ay nakasulat sa mga wikang Hebreo, Griyego at
Romano. **21**Sinabi nga ng mga punong saserdote ng mga Judio
kay Pilato, "Huwag mong isulat, 'Ang Hari ng mga Judio,' kundi,
'Siya yaong nagsabi, "Ako ay Hari ng mga Judio." ' " **22**Sumagot
si Pilato, "Anuman ang naisulat ko na ay naisulat ko na."

23Kaya nang naipako ng mga kawal si Jesus sa krus,
kinuha nila ang kaniyang mga kasuotan, pinagbaha-bahagi

19:11 Gaw 3:13; Rom 13:1
19:12 Luc 23:2
19:13 Mat 27:19
19:14 Mat 27:62; Mar 15:25
19:16 Mat 27:26; Mar 15:25
19:17 Luc 14:27; 23:33
19:18 Luc 23:32
19:19 Mar 1:24
19:20 Heb 13:12

* **19:13** *Pabimento*: Isang bahagi sa silid ng paghatol na ang sahig ay pinataas at nilagyan ng mga bato na may iba't ibang kulay.
† **19:14** *mag-ikaanim*: Ito ay magtatanghaling-tapat.
‡ **19:19** *pamagat*: Ito ay ang nasusulat na paratang o krimen na pinagdurusahan ng isang kriminal.

nila ang mga ito sa apat, sa bawat kawal ay isang bahagi
at gayundin ang kaniyang tunika♦. Ngunit ang tunika
na hinabing-buo ay walang tahi mula sa itaas pababa.
24 Sinabi nga nila sa isa't isa, “Huwag natin itong punitin
kundi magpalabunutan tayo kung kanino ito mapupunta”
upang matupad ang Kasulatan♦ na nagsasabi, “Pinagbaha-
bahaginan nila ang aking mga kasuotan at nagpalabunutan
sila para sa aking balabal.”

Awi 22:18

Kaya nga, ito ang mga ginawa ng mga kawal.
25 Nakatayo ring malapit sa krus ni Jesus ang kaniyang ina,
ang babaing kapatid ng kaniyang ina na si Maria na asawa
ni Cleofas at si Maria na taga-Magdala. 26 Nang nakita ni
Jesus ang kaniyang ina at ang alagad na kaniyang iniibig
na nakatayong malapit sa krus, sinabi niya sa kaniyang
ina, “Ginang, narito ang iyong anak.” 27 Pagkatapos, sinabi
niya sa alagad, “Narito ang iyong ina.” At simula sa oras
na iyon ay kinuha siya ng alagad papunta sa kaniyang
tahanan.

19:24 Mat 1:22
19:25 Mat 27:55-56; Luc 8:2
19:26 Mat 12:46
19:28 Mat 1:22
19:30 Luc 12:50
19:34 1Jn 5:6, 8; Pah 1:7
19:35 Luc 24:48

Namatay si Jesus

Mat 27:45-56; Mar 15:33-41; Luc 23:44-49

28 Pagkatapos nito, yamang alam ni Jesus na ang lahat
ay naganap na upang matupad ang Kasulatan, sinabi niya,
“Nauuhaw ako!” 29 Doon ay may nakalagay na sisidlang
puno ng maasim na alak. Kaya pinuno nila ng maasim na
alak ang espongha na ipinulupot sa isang sanga ng hisopo*
at inilagay nila sa kaniyang bibig. 30 Kaya nang natanggap
na ni Jesus ang maasim na alak, sinabi niya, “Naganap
na!” Iniyuko niya ang kaniyang ulo at ipinagtagubilin niya
ang kaniyang espiritu.

31 Yamang noon nga ay Araw ng Paghahanda, upang
hindi manatili ang mga katawan sa krus sa araw ng Sabat
(sapagkat ang araw ng Sabat na iyon ay dakila) hiniling
ng mga Judio kay Pilato na mabali ang kanilang ang mga
binti at maialis sila roon. 32 Kaya dumating ang mga kawal
at binali nga nila ang mga binti ng una at ng isa pang
kasama niyang nakapako sa krus. 33 Subalit pagpunta nila
kay Jesus at nakita nilang siya ay patay na, hindi na nila
binali ang kaniyang mga binti. 34 Ngunit isa sa mga kawal
na may sibat ang tumusok sa kaniyang tagiliran at lumabas
kaagad ang dugo at tubig. 35 Siya na nakakita nito ay
nagpatotoo at totoo ang kaniyang patotoo. Alam niyaon na

* **19:29** *hisopo*: Ito ay isang punong mababa na may mga dahong mabango.

totoo ang kaniyang sinasabi upang kayo ay sumampalataya
36 sapagkat ang mga bagay na ito ay nangyari upang
matupad ang Kasulatan, “Walang mababali sa kaniyang
buto.”

Exo 12:46; Bil 9:12; Awi 34:20

37 At muli sinasabi sa isa pang Kasulatan, “Titingin sila sa
kaniya na kanilang tinusok.”

Zak 12:10

Inilibing Nila si Jesus

Mat 27:57-61; Mar 15:42-47; Luc 23:50-56

38 Subalit pagkatapos ng mga bagay na ito, si Jose na mula sa
Arimatea na alagad ni Jesus, bagaman palihim dahil sa takot
sa mga Judio, ay humiling kay Pilato na makuha ang katawan
ni Jesus. Pinahintulutan siya ni Pilato kaya siya ay pumunta at
kinuha ang katawan ni Jesus. **39** At si Nicodemo, siya na noong
una ay pumunta kay Jesus sa gabi, ay pumunta rin na may
dalang pinaghalong mira♦ at aloe* na halos isandaang libra° ang
timbang. **40** Kaya kinuha nila ang katawan ni Jesus at binalot
nila ito ng telang lino na may mga pabango ayon sa kaugalian
ng mga Judio sa paglibing. **41** Doon sa lugar kung saan si Jesus
ay ipinako sa krus ay may halamanan at sa halamanang iyon ay
may bagong libingan na wala pang sinumang nailibing. **42** Doon
nila inilibing si Jesus dahil sa Araw ng Paghahanda ng mga
Judio, sapagkat ang libingang iyon ay malapit.

19:36
Mat 1:22
19:37
Pah 1:7
19:40
Mat 26:12;
Luc 24:12
20:1
Mat
27:60,66;
Luc 8:2
20:3
Luc 24:12

Ang Libingang Walang Laman

Mat 28:1-10; Mar 16:1-8; Luc 24:1-12

20 Sa unang araw ng sanlinggo, habang madilim pa,
maagang dumating sa libingan si Maria na taga-
Magdala. Nakita niya na ang bato ay naialis na mula sa
libingan. **2** Kaya matulin siyang tumatakbo papunta kay Simon
Pedro at sa isang alagad na iniibig ni Jesus. Sinabi niya sa
kanila, “Kinuha nila ang Panginoon mula sa libingan at hindi
namin alam kung saan nila siya inilagay.” **3** Lumabas nga
si Pedro at ang alagad na iyon at pumunta sila sa libingan.
4 Magkasama ngang tumatakbo nang matulin ang dalawa,
ngunit ang alagad na iyon ay higit na mabilis tumakbo kaya
nauna siyang dumating kay Pedro sa libingan. **5** Nang siya
ay yumuko, nakita niya ang mga telang lino na nakalapag,
gayunpaman siya ay hindi pumasok. **6** Kasunod nga niyang
dumating si Simon Pedro. Siya ay pumasok sa libingan at
nakita niyang nakalapag ang mga telang lino. **7** Nakita rin

* **19:39** *aloe*: Ang mga dahon nito ay ginamit bilang gamot at pang-embalsamo sa mga katawan ng patay.

niya ang panyo na inilagay sa ulo ni Jesus na hindi kasamang nakalapag sa telang lino kundi hiwalay na nakatiklop sa isang dako. 8Nang magkagayon, pumasok din naman ang alagad na iyon na naunang dumating sa libingan. Nakita niya at siya ay nanampalataya 9sapagkat hindi pa nila alam ang Kasulatan♦, na siya ay dapat bumangon mula sa mga patay.

Nagpakita si Jesus kay Maria

Mar 16:9-11

10Kaya ang mga alagad ay muling umuwi sa kani-kanilang tirahan. 11Subalit si Maria na nakatayo sa labas ng libingan ay tumatangis, at habang siya ay tumatangis, siya ay yumuko at tumingin sa loob ng libingan, 12at nakita niyang nakaupo ang dalawang anghel na nakaputi. Ang isa ay nasa ulunan at ang isa ay nasa paanan ng pinaghimlayan ng katawan ni Jesus. 13Sinabi nila sa kaniya, "Ginang, bakit ka tumatangis?" Sinabi niya sa kanila, "Sapagkat kinuha nila ang aking Panginoon at hindi ko alam kung saan nila siya inilagay." 14Pagkasabi niya ng mga ito, siya ay tumalikod at nakita niya si Jesus na nakatayo, ngunit hindi niya nakilala na iyon ay si Jesus. 15Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ginang, bakit ka tumatangis? Sino siya na hinahanap mo?" Sa pag-aakalang siya ang hardinero, sinabi niya sa kaniya, "Ginoo, kung ikaw ang kumuha sa kaniya, sabihin mo sa akin kung saan mo siya inilagay at kukunin ko siya." 16Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Maria!" Humarap siya at sinabi sa kaniya, "Rabbi!" na ang ibig sabihin ay guro. 17Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Huwag mo akong hawakan sapagkat hindi pa ako nakakaakyat sa aking Ama, ngunit pumunta ka sa mga kapatid ko. Sabihin mo sa kanila, 'Ako ay aakyat patungo sa aking Ama at inyong Ama, sa aking Diyos at inyong Diyos.' " 18Si Maria na taga-Magdala ay pumunta na ibinabalita sa mga alagad dahil nakita niya ang Panginoon at ang mga bagay na sinabi ni Jesus sa kaniya.

20:9 Mat 22:29; Luc 24:26,46; Jua 2:22
20:12 Mat 28:2-3; Mar 16:5; Gaw 1:10
20:14 Mar 16:9; Luc 24:16
20:16 Mat 23:7
20:17 Mat 28:10
20:18 Luc 24:10, 22-23
20:19 Luc 24:36-39
20:21 Mat 28:19

Nagpakita si Jesus sa mga Alagad

Mar 16:14; Luc 24:36-43

19Kaya kinagabihan ng araw na iyon, sa unang araw ng sanlinggo, at nakapinid na ang mga pinto sa pinagtitipunan ng mga alagad, dahil sa takot sa mga Judio, dumating si Jesus at tumayo sa kalagitnaan nila at sinabi sa kanila, "Kapayapaan ang sumainyo." 20At pagkasabi niya nito, ipinakita niya sa kanila ang kaniyang mga kamay at kaniyang tagiliran, kaya nagalak ang mga alagad nang nakita nila ang Panginoon. 21Muli ngang sinabi sa kanila ni Jesus, "Kapayapaan ang sumainyo. Kung paano ako isinugo ng Ama ay gayundin

isinusugo ko kayo.” 22 Pagkasabi niya nito, hiningahan niya
sila at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Banal na Espiritu.
23 Ang kaninumang mga kasalanan na inyong ipapatawad
ay ipinapatawad iyon sa kanila. Ang kasalanan ninuman na
inyong pinananatili ay nananatili.”

Nagpakita si Jesus kay Tomas

24 Subalit si Tomas na isa sa labindalawa, na tinatawag
na Didymus*, ay hindi nila kasama nang dumating si Jesus.
25 Kaya sinabi sa kaniya ng ibang mga alagad, “Nakita namin
ang Panginoon.” Subalit sinabi niya sa kanila, “Maliban na
makita ko ang bakas ng mga pako sa kaniyang mga kamay
at maipasok ko ang aking daliri sa bakas ng mga pako at
maipasok ko ang aking kamay sa butas ng kaniyang tagiliran,
hinding-hindi ako maniniwala.”

26 Pagkalipas ng walong araw, ang mga alagad ay nasa
loob muli ng bahay at kasama nila si Tomas. Kahit nakapinid
ang mga pinto, dumating si Jesus at tumayo sa kalagitnaan
nila at sinabi, “Kapayapaan ang sumainyo.” 27 Pagkatapos
niyaon, sinabi niya kay Tomas, “Ilagay mo ang iyong daliri
rito at pagmasdan mo ang aking mga kamay. Ilagay mo
ang iyong kamay at ipasok mo sa butas ng aking tagiliran.
Huwag kang maging walang pananampalataya, sa halip
ay maging mananampalataya ka.” 28 Sumagot si Tomas at
sinabi sa kaniya, “Ang aking Panginoon at ang aking Diyos!”
29 Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Tomas, sumampalataya ka
dahil nakita mo ako. Pinagpala sila na hindi nakakita ngunit
sumampalataya.”

30 Kaya nga marami pang ibang mga tanda ang ginawa ni
Jesus sa harapan ng kaniyang mga alagad na hindi na naisulat
sa aklat na ito. 31 Subalit ang mga ito ay isinulat upang kayo
ay sumampalataya na si Jesus ay ang Cristo, ang Anak ng
Diyos, at upang sa inyong pagsampalataya ay magkakaroon
kayo ng buhay sa kaniyang pangalan.

Ang Mahimalang Paghuli ng Isda

21 Pagkatapos ng mga bagay na ito, ipinakitang muli
ni Jesus ang kaniyang sarili sa kaniyang mga alagad
sa tabi ng dagat ng Tiberias, at sa ganitong paraan siya
nagpakita: 2 Magkakasama si Simon Pedro, si Tomas na
tinatawag na Didymus, si Natanael na taga-Cana ng Galilea,
ang mga anak ni Zebedeo at dalawa pa sa kaniyang mga
alagad. 3 Sinabi ni Simon Pedro sa kanila, “Aalis ako upang

* **20:24** *Didymus*: Ang kahulugan nito ay kambal.

20:22
Gaw 2:38;
Gal 3:2
20:23
Mat 16:19
20:25
Mar 16:11
20:27
Luc 24:40
20:29
1Pe 1:8
20:31
Mat 4:3;
25:46
21:2
Mat 4:21
21:3
Luc 5:5

mangisda." Sinabi nila sa kaniya, "Sasama rin kami sa iyo." Lumabas sila at sumakay kaagad sa bangka ngunit wala silang nahuli nang gabing iyon.

4Subalit nang nag-uumaga na, si Jesus ay tumayo sa tabing-dagat, gayunpaman hindi nakilala ng mga alagad na iyon ay si Jesus. **5**Kaya sinabi ni Jesus sa kanila, "Mga anak, wala ba kayong makakain?" Sumagot sila sa kaniya, "Wala." **6**At sinabi niya sa kanila, "Ihulog ninyo ang lambat sa bahaging kanan ng bangka at makakatagpo kayo." Kaya inihulog nila ang lambat at hindi na nila ito kayang hilahin dahil sa dami ng isda. **7**Kaya ang alagad na iyon na iniibig ni Jesus ay nagsabi kay Pedro, "Ang Panginoon iyon!" Nang narinig nga ni Simon Pedro na ang Panginoon iyon, isinuot niya ang kaniyang pang-ibabaw na damit (sapagkat siya ay nakahubad) at tumalon siya sa dagat. **8**Subalit ang ibang mga alagad na nakasakay sa maliit na bangka ay dumating na hila-hila ang lambat na may mga isda (sapagkat hindi sila gaanong malayo sa dalampasigan kundi halos dalawandaang siko* lamang).

9Kaya pagkababa nila sa dalampasigan, nakita nila ang nakalatag na nagbabagang mga uling at may nakapatong na isda at tinapay. **10**Sinabi ni Jesus sa kanila, "Magdala kayo rito ng mga isda mula sa mga nahuli ninyo ngayon." **11**Umahon si Simon Pedro at hinila niya sa dalampasigan ang lambat na puno ng malalaking isda na ang bilang ay isandaan at limampu't tatlo at kahit ganoon karami, hindi napunit ang lambat. **12**Sinabi ni Jesus sa kanila, "Halina kayo at mag-agahan." Subalit walang sinuman sa mga alagad ang naglakas-loob na magtanong sa kaniya, "Sino ka?" sapagkat alam nila na ang Panginoon iyon. **13**Kaya lumapit si Jesus, kinuha ang tinapay at ibinigay sa kanila, ganoon din ang ginawa niya sa isda. **14**Ito na ang pangatlong pagpapakita ni Jesus sa kaniyang mga alagad mula nang siya ay ibinangon mula sa mga patay.

21:4 Luc 24:16
21:6 Luc 5:4-7
21:15 Mat 26:33, 35; Luc 12:32
21:16 Gaw 20:28; 1Pe 5:2-3

Muling Pinatatag si Pedro

15Kaya pagkatapos nilang mag-agahan, sinabi ni Jesus kay Simon Pedro, "Simon, anak ni Jonas, iniibig mo ba ako nang higit sa mga ito?" Sinabi ni Pedro sa kaniya, "Oo, Panginoon, nalalaman mong minamahal kita." Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Pakainin mo ang aking mga kordero." **16**Sinabi niyang muli sa kaniya sa ikalawang pagkakataon, "Simon, anak ni Jonas, iniibig mo ba ako?" Sinabi ni Pedro sa kaniya, "Oo, Panginoon, alam mo na minamahal kita." Sinabi ni Jesus sa kaniya, "Alagaan mo ang aking mga tupa." **17**Sinabi ni Jesus sa kaniya

*** 21:8** *dalawandaang siko*: Sa kasalukuyang sukat ay mga siyamnapung metro. Ang isang siko° ay may labing-walong pulgada.

sa ikatlong pagkakataon, “Simon, anak ni Jonas, minamahal
mo ba ako?” Ikinalungkot ito ni Pedro sapagkat sa ikatlong
pagkakataon ay sinabi ni Jesus sa kaniya, “Minamahal mo
ba ako?” Sinabi ni Pedro sa kaniya, “Panginoon, alam mo
ang lahat ng mga bagay. Nalalaman mo na minamahal kita.”
Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Pakainin mo ang aking mga tupa.
18 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, nang ikaw ay
bata pa, ikaw ang nagbibigkis sa iyong sarili at lumalakad ka
kung saan mo nais. Subalit sa pagtanda mo ay iuunat mo ang
iyong mga kamay at iba ang magbibigkis sa iyo at dadalhin ka
sa lugar na hindi mo nais.” 19 Sinabi niya ito upang ipahayag
kung sa anong uri ng kamatayan luluwalhatiin niya ang Diyos.
Pagkasabi nito, sinabi ni Jesus sa kaniya, “Sumunod ka sa
akin.”

20 Subalit pagkalingon ni Pedro, nakita niyang sumusunod
ang alagad na iniibig ni Jesus. Siya rin ang nakasandal
sa dibdib ni Jesus nang sila ay nasa hapunan at nagsabi,
“Panginoon, sino ang magkakanulo sa iyo?” 21 Nang nakita
ni Pedro ang isang ito, sinabi niya kay Jesus, “Panginoon,
ano naman ang gagawin ng isang ito?” 22 Sinabi ni Jesus sa
kaniya, “Kung nanaisin kong manatili siya hanggang sa ako
ay makabalik, ano naman ito sa iyo? Sumunod ka sa akin.”
23 Nakarating nga ang salitang ito sa mga kapatid na ang
alagad na iyon ay hindi mamamatay. Ngunit hindi sinabi ni
Jesus sa kaniya na hindi siya mamamatay. Subalit ang sinabi
niya, “Kung nanaisin kong manatili siya hanggang sa ako ay
makabalik, ano naman ito sa iyo?”

24 Ito ang alagad na nagpapatotoo patungkol sa mga bagay
na ito at sumulat sa mga bagay na ito. Alam namin na ang
kaniyang patotoo♦ ay totoo.

25 At marami pa ring ibang mga bagay na ginawa si Jesus
na kung maisusulat nang isa-isa ang mga ito, sa palagay ko ay
hindi magkasya mismo sa sanlibutan ang mga aklat na isusulat.
Siya nawa!

21:19
Mat 4:19;
2Pe 1:14
21:22
Mat 4:19
21:23
Gaw 1:16

ANG MGA GAWA NG MGA APOSTOL

Sumulat: Lucas
Para Kanino: Sa mga mananampalatayang Gentil
Taon: A.D. 61

Panimulang Salita sa Aklat ng Mga Gawa

Ang Lumang Tipan ay naghahayag ng gawain ng Mesiyas. Si Isaias (Isa 42:1-7; 49:1-7) ang nagsasabi sa atin na ang mga Judio at mga Gentil ay kapwa kasama sa kaniyang misyon. Ang malaking bahagi ng paglilingkod ni Jesus ay nakatuon mismo sa mga Judio habang siya ay nasa sanlibutan. Nakasulat sa aklat ng Mga Gawa kung paano pinaabot ni Jesus sa pamamagitan ng pagkilos ng Banal na Espiritu sa mga apostol ang Kaniyang paglilingkod sa mga Gentil. Sa araw ng Pentecostes, pinuspos ni Jesus ng kaniyang Espiritu ang mga mananampalataya at sila ay isinugo niya sa buong sanlibutan. Kagaya ng ipinapahiwatig ng unang talata ng aklat na ito, ang aklat ng Mga Gawa ay ikalawang sulat ni Lucas kay Teofilo (tingnan ang panimulang salita sa Ebanghelyo ayon kay Lucas). Kung kaya, upang mapatatag ang mga mananampalatayang Gentil, isinasalaysay ng aklat na ito ang kasaysayan ng iglesiya noong unang siglo. Ang mga kaganapang ito ay nangyari sa pagitan ng A.D. 30 at 60. Maaring isinulat ni Lucas ang aklat na ito sa panahon ng A.D. 61.

Ang aklat na ito ay sumasagot sa maraming katanungan na maaaring itanong ng mga mananampalatayang Gentil patungkol sa panimula ng iglesiya. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng kamatayan, paglibing at muling pagkabuhay ni Cristo. Inilalarawan nito ang kaugnayan ng Cristianismo at Judaismo. Sinasabi nito sa atin kung paanong ang mga Judio at mga Gentil ay nagkaisa sa pananampalatayang Cristiano. Ito ay nagpapatunay na ang Cristianismo ay hindi isang pampulitikang banta sa Imperyo ng Roma. Sa aklat na ito, isinulat ni Lucas ang mga kaganapan sa kasaysayan na naging simula ng makapangyarihang paglaganap ng Cristianismo sa buong sanlibutan.

Isinaayos ni Lucas ang aklat ng Mga Gawa ayon sa rehiyon kung saan lumaganap ang Cristianismo. Sa pangkalahatan, ang aklat ay umuusad ayon sa utos na ibinigay ng Panginoon sa mga unang mananampalataya ayon sa Mga Gawa 1:8. Lalong kapansin-pansin na hinati ni Lucas ang aklat na ito sa mga bahagi na may isang buod na pahayag sa dulo ng bawat bahagi (tingnan ang 6:7; 9:31; 12:24; 16:5; 19:20; 28:30-31). Ang mga bahagi ay ang mga sumusunod: Jerusalem (1:1-6:7), Judea, Galilea at Samaria (6:8-9:31), Antioquia (9:32-12:24), Asya Menor (12:25-16:5), ang lugar sa Dagat ng Aegea (16:6-19:20), at Roma (19:21-28:31).

Kapag ating pagmamasdan ang huling bahagi ng aklat ng Mga Gawa, makikita natin na ang gawain ni Cristo ay dapat na nagpapatuloy. Sa katunayan, patuloy na itinatatag ni Cristo ang kaniyang iglesiya sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu, sa pamamagitan ng kaniyang Salita at sa pamamagitan ng kaniyang mga tagasunod (13:47; tingnan sa Isa 49:6).

Balangkas ng Aklat ng Mga Gawa:

I. Ang ebanghelyo ay ipinalaganap sa Jerusalem (*1:1-6:7*).
II. Ang ebanghelyo ay ipinalaganap sa Judea, Galilea at Samaria (*6:8-9:31*).
III. Ang ebanghelyo ay ipinalaganap sa Antioquia (*9:32-12:24*).
IV. Ang ebanghelyo ay ipinalaganap sa Asya Menor (*12:25-16:5*).
V. Ang ebanghelyo ay ipinalaganap sa lugar ng Dagat ng Aegea (*16:6-19:20*).
VI. Ang ebanghelyo ay ipinalaganap sa Roma (*19:21-28:31*).

Umakyat si Jesus sa Langit

1 O Teofilo, totoong ang unang salaysay na isinulat ko
ay patungkol sa lahat ng mga sinimulang isagawa at
ituro ni Jesus, 2hanggang sa araw na siya ay dinala paitaas,
pagkatapos niyang ibinigay ang mga utos sa pamamagitan
ng Banal na Espiritu sa mga apostol na kaniyang pinili. 3Siya
rin mismo ay buhay na nagpakita sa kanila, pagkatapos ng
kaniyang paghihirap, sa pamamagitan ng maraming hindi
magkakamaling katibayan. Siya ay nagpakita sa kanila sa loob
ng apatnapung araw at nagsalita siya ng mga bagay patungkol
sa paghahari ng Diyos.

4Sa kaniyang pakikipagtipon sa kanila, sila ay inatasan niya
upang huwag umalis sa Jerusalem, kundi hintayin ang pangako
ng Ama, "na narinig ninyo sa akin 5sapagkat si Juan ay totoong
nagbawtismo sa tubig, ngunit kayo ay babawtismuhan sa
Banal na Espiritu ilang araw mula ngayon." 6Nang sila nga
ay nagtipun-tipon, sila ay nagtanong sa kaniya na sinasabi,
"Panginoon, ipinapanumbalik mo ba ang paghahari sa Israel
sa oras na ito?" 7Sinabi niya sa kanila, "Hindi para sa inyo
na malaman ang mga oras o ang mga panahon na inilagay ng
Ama sa sarili niyang kapamahalaan. 8Subalit tatanggap kayo
ng kapangyarihan kapag dumating na sa inyo ang Banal na
Espiritu at kayo ay magiging aking mga tagapagpatotoo sa
Jerusalem, sa buong Judea, sa Samaria at sa pinakamalayong
bahagi ng daigdig."

9At pagsabi niya ng mga bagay na ito, habang siya ay
pinagmamasdan nila, siya ay dinala paitaas at ikinubli siya ng
ulap mula sa kanilang paningin. 10At habang sila ay nakatitig
sa langit, sa kaniyang pagpaitaas, narito, dalawang lalaki na
may puting kasuotan ang tumayo sa tabi nila. 11At sila din ay
nagsabi, "Mga lalaking taga-Galilea, bakit kayo nakatayong
nakatitig sa langit? Itong si Jesus na dinala sa langit mula sa
inyo ay babalik sa paraang katulad sa nakita ninyong pagpunta
niya sa langit."

Pinili si Matias

12Pagkatapos nito, sila ay bumalik sa Jerusalem mula sa
bundok na tinatawag na Olibo. Ito ay malapit sa Jerusalem na
isang lakbayin* sa araw ng Sabat♦. 13At nang sila ay nakapasok,
sila ay umakyat sa itaas na silid kung saan nananuluyan sila
Pedro, Santiago, Juan, Andres, Felipe, Tomas, Bartolome,
Mateo at Santiago na anak ni Alfeo, si Simon na Makabayan at
si Judas na kapatid ni Santiago. 14Silang lahat ay matiyagang

* **1:12** *lakbayin*: Ang itinakdang lakbayin sa araw ng Sabat ay halos isang kilometro ang layo.

1:1 Luc 1:1-4; 3:23
1:2 Mat 28:19-20; Mar 16:19; Jua 13:18
1:3 Mat 28:17; Luc 24:34, 36; Jua 20:19; 1Co 15:5-7
1:4 Luc 24:49; Jua 14:16
1:5 Mar 1:4
1:6 Mat 17:11
1:7 Mat 24:36
1:8 Mat 28:19; Luc 24:48
1:9 Mar 16:19
1:10 Jua 20:12
1:11 Mat 16:27
1:12 Mat 21:1; Luc 24:52
1:13 Mat 10:2-4; Mar 3:16-19; Luc 6:14-16
1:14 Mat 12:46; Luc 18:1; Rom 1:10

nagpapatuloy na nagkakaisa sa pananalangin at sa paghiling
kasama ang kababaihan at si Maria na ina ni Jesus, kasama rin
ang mga lalaking kapatid ni Jesus.

15 At sa mga araw na iyon, tumindig si Pedro sa kalagitnaan
ng mga alagad (ang bilang ng napakaraming tao sa dakong iyon
ay halos isandaan at dalawampu), sinabi niya, **16** "Mga ginoo,
mga kapatid, kinakailangang maganap ang mga Kasulatang♦ ito
yaong sinabi ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng bibig ni
David patungkol kay Judas na naging gabay ng mga dumakip
kay Jesus **17** sapagkat ibinilang siyang kasama natin at tinanggap
ang bahagi ng paglilingkod na ito."

18 (Kaya nga ang lalaking ito ay bumili ng lupain mula sa
kabayaran ng kalikuan. At nang bumagsak siyang nauna ang
ulo, bumuka ang kaniyang tiyan at sumambulat ang lahat ng
kaniyang mga lamang-loob. **19** Ito ay nalaman ng lahat ng mga
naninirahan sa Jerusalem, kaya ang itinawag sa lupaing iyon
ay Akeldama sa kanilang sariling wika, na ang ibig sabihin ay
Lupain ng Dugo.)

1:16 Mat 1:22; 10:4; Rom 7:1
1:17 Jua 6:70-71
1:18 Mat 26:14; 27:3-10
1:19 Jua 5:2
1:22 Mar 1:4; Luc 24:48
1:24 Pah 2:23
2:1 1Co 16:8

20 "Sapagkat ito ang nasusulat sa aklat ng mga Awit,
'Hayaan ang kaniyang tirahan ay maging mapanglaw at
huwag hayaang manirahan doon ang sinuman'
Awi 69:25

at

'hayaang kunin ng iba ang kaniyang pamamahala.'
Awi 109:8

21 "Kaya sa mga lalaking nakasama natin sa lahat ng panahon
nang ang Panginoong Jesus ay pumaroon at pumarito sa atin
22 mula sa simula ng bawtismo ni Juan, hanggang sa araw na
si Jesus ay dinalang paitaas mula sa atin, isa sa mga ito ang
kinakailangang maging kasama natin na tagapagpatotoo sa
kaniyang muling pagkabuhay."

23 Kaya iniharap nila ang dalawa, si Jose na tinatawag na
Barsabas na ang palayaw ay Justo, at si Matias. **24** At sila ay
nanalangin at nagsabi, "Panginoon, ikaw na nakakaalam ng
mga puso ng lahat, ipakita mo sa amin mula sa dalawang ito
ang iyong pinili **25** upang tanggapin ang bahaging paglilingkod
na ito at ang pagkaapostol, na sinalangsang ni Judas upang
pumunta siya sa dakong itinalaga sa kaniya." **26** At ibinigay nila
ang kanilang bahagi sa palabunutan at nahulog ang bahagi sa
palabunutan kay Matias, at siya ay ibinilang sa labing-isang
apostol.

Ang Banal na Espiritu

2 Nang sumapit ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nasa
isang pook na nagkakaisa. **2** At biglang nagkaroon ng ugong

mula sa langit kagaya ng paghagibis ng napakalakas na hangin
at pinuno nito ang buong bahay kung saan sila ay nakaupo.
3 At ang nagkakabaha-bahaging mga dila katulad ng apoy ay
nagpakita sa kanila at ito ay lumapag sa bawat isa sa kanila.
4 Kaya silang lahat ay napuspos ng Banal na Espiritu at sila ay
nagsimulang magsalita sa ibang mga wika ayon sa ipinagkaloob
ng Espiritu na kanilang sabihin.

5 At may mga Judiong naninirahan sa Jerusalem na mga
lalaking may takot sa Diyos mula sa bawat bansa sa silong ng
langit. 6 At nang narinig nila ang ugong na ito, nagsama-sama
ang maraming tao at sila ay nalito sapagkat narinig nila na
ang bawat isa ay nagsasalita sa kanilang sariling wika. 7 At
ang lahat ay nagtaka at namangha, na kanilang sinasabi sa isa't
isa, "Narito, hindi ba ang lahat ng mga nagsasalitang ito ay
mga taga-Galilea? 8 Paanong nangyari na naririnig natin ang
bawat isa sa ating wikang kinagisnan? 9 Sa mga taga-Partia,
taga-Media at taga-Elam, mga naninirahan sa Mesopotamia,
sa Judea, sa Capadocea, sa Ponto, sa Asya, 10 sa Frigia, sa
Pamfilia, sa Egipto at sa mga bahagi ng Libya na nasa palibot
ng Cerene, at sa mga dayuhang mula sa Roma na kapwa mga
Judio at mga nagbago ng paniniwala*, 11 sa Creta at sa Arabya,
sila ay naririnig nating nagsasalita ng mga dakilang bagay ng
Diyos sa sarili nating wika." 12 Silang lahat ay namangha at nag-
alinlangan na sinabi nila sa isa't isa, "Ano kaya ang ibig sabihin
nito?"

13 Ang iba ay nangungutyang nagsabi, "Sila ay mga langgo sa
bagong alak."

Nagsalita si Pedro

14 Ngunit pagkatayo ni Pedro kasama ang labing-isa,
nilakasan niya ang kaniyang tinig at nagsalita siya sa kanila,
"Mga lalaking taga-Judea at kayong lahat na naninirahan sa
Jerusalem, dapat alamin ninyo ito at makinig kayo sa aking
mga sasabihin 15 sapagkat sila ay hindi mga lasing katulad ng
inaakala ninyo yamang ikatlo† pa lamang ang oras ng araw.
16 Subalit ito ang siyang ipinahayag ng propetang si Joel, 17 'At
mangyayari sa mga huling araw, sinasabi ng Diyos, ibubuhos
ko ang aking Espiritu sa lahat ng tao. At ang inyong mga anak
na lalaki at mga anak na babae ay maghahayag, at ang inyong
mga kabataang lalaki ay makakakita ng mga pangitain, at ang
inyong matatandang lalaki ay mananaginip ng mga panaginip.
18 Gayundin ibubuhos ko ang aking Espiritu sa aking mga

2:4 Mar 16:17; Luc 1:15
2:5 Luc 2:25
2:9 Rom 16:5; 1Co 16:19; 2Co 1:8; 1Pe 1:1; Pah 1:4
2:10 Mat 27:32
2:13 1Co 14:23; Efe 5:18
2:15 1Te 5:7
2:17 Jua 7:37-39

* **2:10** *nagbago ng paniniwala*: Ito ay ang mga taong kabilang sa paganong paniniwala na nahikayat sa Judaismo, ang paniniwala ng mga Judio.
† **2:15** *ikatlo*: Ito ay ikasiyam ng umaga.

aliping lalaki at mga aliping babae sa mga araw na iyon, at sila
ay maghahayag ng salita ng Diyos. 19 At magpapakita ako ng
mga kamangha-manghang gawa sa langit na nasa itaas at sa
lupa na nasa ibaba, dugo, ng apoy at singaw na usok. 20 Ang
araw ay magiging kadiliman at ang buwan ay magiging dugo
bago dumating ang dakila at hayag na araw ng Panginoon.
21 Kaya mangyayari na ang bawat isang tatawag sa pangalan ng
Panginoon ay maliligtas.'

Joe 2:28-32

22 "Mga lalaking taga-Israel, pakinggan ninyo ang mga
salitang ito, si Jesus na taga-Nazaret ay isang lalaking
pinatotohanan ng Diyos sa inyo sa pamamagitan ng mga
makapangyarihang gawa, ng mga kamangha-manghang gawa
at ng mga tanda na ginawa ng Diyos sa pamamagitan niya
sa inyong kalagitnaan, katulad din ng nalaman na ninyo.
23 Siya, na ibinigay ayon sa itinakdang-layunin at kaalamang-
una ng Diyos, ay inyong dinakip, ipinako sa krus at pinatay
sa pamamagitan ng mga kamay ng mga hindi kumikilala
sa kautusan. 24 Ang Diyos ang nagbangon sa kaniya nang
makalag ang matinding hirap ng kamatayan yamang hindi siya
makakayang pigilin nito. 25 Sapagkat si David ang nagsasabi
patungkol sa kaniya, 'Nakita ko nang una ang Panginoon sa
harap ko sa lahat ng panahon. Dahil siya ay nasa aking kanan,
hindi ako matitinag. 26 Dahil dito, ang puso ko ay nasiyahan
at ang dila ko ay lubhang nagalak. Gayundin naman ang
aking katawan ay mananahan sa pag-asa, 27 sapagkat hindi
mo pababayaan ang aking kaluluwa sa Hades♦, ni hindi mo
pahihintulutang makaranas ng kabulukan ang iyong Banal*.
28 Ipinakita mo sa akin ang mga landas ng buhay. Pupunuin mo
ako ng kagalakan sa pamamagitan ng iyong mukha.'

Awi 16:8-11

29 "Mga ginoo, mga kapatid, ako ay pahintulutan ninyong
magsalita ng malaya patungkol sa ninunong si David, na
siya rin ay namatay at inilibing, at ang kaniyang libingan ay
nasa atin hanggang sa araw na ito. 30 Kaya bilang propeta at
nakaalam na ang Diyos ay sumumpa ng pangako sa kaniya,
na mula sa bunga ng kaniyang baywang† ayon sa laman ay
kaniyang ititindig ang Cristo upang iluklok sa kaniyang trono.
31 Dahil nakita na niya ito nang una pa, siya ay nagsalita
patungkol sa muling pagkabuhay ni Cristo, na ang kaniyang
kaluluwa ay hindi pinabayaan sa Hades, ni nakakita ng
kabulukan ang kaniyang katawan. 32 Ang Jesus na ito ay muling
binuhay ng Diyos at kaming lahat ay kaniyang mga patotoo♦.

2:19 Luc 21:11
2:20 Mat 24:29
2:21 Rom 10:13; 1Co 1:2; 2Ti 2:22
2:22 Mar 1:24; Jua 4:48
2:23 Mat 16:21; Luc 24:20
2:24 Jua 20:9; Rom 6:4; 1Co 6:14; Efe 1:20; Col 2:12; Heb 13:20; 1Pe 1:21
2:30 Mat 1:1
2:32 Luc 24:48

* **2:27** *Banal*: Ito ay tumutukoy sa Panginoong Jesu-Cristo.
† **2:30** *bunga ng kaniyang baywang*: Ang ibig sabihin nito ay lahi o supling.

33 Kaya nang siya ay dinakila sa kanang kamay ng Diyos, at
nang tinanggap niya ang pangako ng Banal na Espiritu mula sa
Ama, ito ay kaniyang ibinuhos at ngayon ay inyo itong nakikita
at naririnig.
34 "Sapagkat si David ay hindi umakyat sa kalangitan ngunit
siya mismo ang nagsasabi, 'Sinabi ng Panginoon sa aking
Panginoon, "Maupo ka sa bahaging kanan ko 35 hanggang sa
mailagay ko ang iyong mga kaaway na tuntungan ng iyong mga
paa." '

Awi 110:1

36 "Kaya alaming may katiyakan ng lahat ng sambayanan ng
Israel* na ginawa ng Diyos, itong si Jesus na inyong ipinako sa
krus, na Panginoon at Cristo."
37 Nang ito ay kanilang marinig, nabagbag ang kanilang mga
puso kaya sinabi nila kay Pedro at sa ibang mga apostol, "Mga
ginoo at mga kapatid, ano ang aming gagawin?"
38 Sinabi nga ni Pedro sa kanila, "Magsisi kayo at hayaang
mabawtismuhan ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesu-
Cristo patungkol sa kapatawaran ng mga kasalanan at
tatanggapin ninyo ang kaloob ng Banal na Espiritu. 39 Sapagkat
ang pangakong ito ay para sa inyo at sa inyong mga anak at
sa kanilang lahat na mga nasa malayo, gaano man karami ang
tatawagin ng ating Panginoong Diyos."
40 At sa marami pang ibang mga salita, siya ay nagpapatotoo
at nagsusumamo na nagsasabi, "Dapat kayong maligtas mula
sa likong lahing ito." 41 Kaya nga, sila na may kasiyahang
tumanggap ng kaniyang salita ay nabawtismuhan, at naidagdag
sa kanila ang may tatlong libong kaluluwa sa araw na iyon.

Ang Iglesiya sa Jerusalem

42 At sila ay matatag na nagpatuloy sa turo ng mga apostol,
sa pakikipag-isa, sa pagputol-putol ng tinapay, at sa mga
pananalangin. 43 Kaya nagkaroon ng takot sa bawat kaluluwa,
at ang maraming kamangha-manghang gawa at ang mga tanda
ay naganap sa pamamagitan ng mga apostol. 44 At ang lahat
ng mga mananampalataya ay magkakasama at sila ay may
pakikibahagi sa lahat ng mga bagay. 45 At kanilang ipinagbili
ang kanilang mga tinatangkilik at mga ari-arian at kanilang
ipinamahagi sa lahat ayon sa pangangailangan ng sinuman.
46 At sa araw-araw, sa kanilang matatag na pagpapatuloy
na nagkakaisa sa templo♦ at sa pagputol-putol ng tinapay sa
kanilang mga bahay, sila ay tumatanggap ng pagkain na may
labis na kagalakan at katapatan ng puso 47 na nagpupuri sa

2:33 Mar 16:19; Flp 2:9
2:35 Mat 22:44
2:36 Mat 28:18; Luc 2:11
2:37 Luc 3:10
2:38 Mar 1:4; Luc 24:47; Jua 20:22; Col 2:12
2:39 Efe 2:13
2:40 Flp 2:15
2:42 Mat 14:19; 28:20
2:45 Mat 19:21; Luc 12:33
2:46 Mat 14:19; Luc 24:53
2:47 Rom 14:18

* **2:36** *sambayanan ng Israel*: Ang tinutukoy nito ay ang buong sambahayan ni Israel.

Diyos at kinalulugdan ng lahat ng mga tao, at idinadagdag ng
Panginoon sa iglesiya ang mga naliligtas araw-araw.

Pinagaling ang Lumpo

3 Sina Pedro at Juan ay magkasamang umahon sa templo
sa oras ng pananalangin nang ikasiyam na oras*. **2** At may
isang lalaking lumpo mula pa sa sinapupunan ng kaniyang
ina, na kinasanayan nilang buhatin at ilagay araw-araw sa
pintuan ng templo na tinatawag na Maganda upang humiling
ng limos mula sa mga pumapasok sa templo. **3** Nang nakita
niya sina Pedro at Juan na papasok na sa templo, siya ay
humingi ng limos. **4** Ngunit si Pedro, na kasama si Juan, nang
siya ay tumitig sa kaniya ay nagsabi, "Tumingin ka sa amin."
5 Kaya sila ay kaniyang binigyang pansin sa pag-asang siya ay
tatanggap ng anumang bagay mula sa kanila. **6** Gayunpaman,
sinabi ni Pedro, "Wala akong tinataglay na pilak at ginto,
ngunit anuman ang nasa akin, ito ang ibinibigay ko sa iyo.
Sa pangalan ni Jesu-Cristo na taga-Nazaret, tumindig ka at
lumakad ka." **7** At nang hinawakan nila ang kaniyang kanang
kamay, siya ay tumindig at kaagad lumakas ang kaniyang mga
paa at mga bukung-bukong. **8** Kaya siya ay paluksong tumayo
at naglakad at pumasok sa templo na kasama nila, at siya ay
lumakad-lakad, lumukso-lukso at nagpupuri sa Diyos. **9** At ang
lahat ng tao ay nakita siyang naglalakad at nagpupuri sa Diyos.
10 Siya ay nakilala nila na siya yaong umuupo para sa limos
sa Tarangkahang Maganda ng templo. Kaya sila ay lubos na
namangha at labis na nagtaka sa nangyari sa kaniya.

3:1 Luc 22:8
3:2 Luc 16:20; Jua 9:8
3:6 Mar 1:24
3:11 Luc 22:8; Jua 10:23
3:13 Mat 27:2; Luc 23:4
3:14 Mar 1:24; 15:11; Luc 23:18-25

Nagsalita si Pedro

11 Habang nakahawak kay Pedro at Juan ang lalaking lumpo
na pinagaling, ang lahat ng tao na labis na namangha ay sama-
samang tumakbo patungo sa kanila sa portiko na tinatawag na
kay Solomon. **12** Nang nakita ito ni Pedro, siya ay sumagot sa
mga tao, "Mga lalaking taga-Israel†, bakit kayo namamangha
sa bagay na ito? Bakit ninyo kami tinititigan na parang dahil sa
aming kapangyarihan o pagiging makadiyos ay nakapaglakad
ang lalaking ito? **13** Ang Diyos ni Abraham, ni Isaac at ni
Jacob, ang Diyos ng mga ninuno natin ay lumuwalhati sa
kaniyang Anak na si Jesus, siya na inyong tinanggihan at
inyong ipinagkaila sa harapan ni Pilato na pinasiyahan niyang
palayain. **14** Subalit tinanggihan ninyo ang Banal at Matuwid at
hiniling ninyo na ibigay sa inyo ang lalaking mamamatay-tao.

* **3:1** *ikasiyam na oras*: Ito ay ikatlo ng hapon.
† **3:12** *Mga lalaking taga-Israel*: Ito ay isang pagbati ng mga Judio sa panimulang talumpati na ang katumbas ay "Mga ginoo at ginang."

15 Pinatay ninyo ang May-akda ng buhay, na ibinangon ng
Diyos mula sa mga patay. Kami ay mga saksi sa pangyayaring
ito. 16 At sa pamamagitan ng pananampalataya sa kaniyang
pangalan, pinalakas ang lalaking ito na inyong nakikita at
inyong kilala na. At sa pamamagitan ng pangalan ni Jesus at
pananampalataya sa kaniya, binigyan ng lubos na kagalingan
ang lalaking ito na nasa harapan ninyong lahat.

17 "At ngayon, mga kapatid, alam kong ginawa ninyo ito
dahil sa kawalang-kaalaman katulad din ng inyong mga pinuno.
18 Ngunit ang Diyos, na unang naghayag ng mga bagay sa
pamamagitan ng bibig ng lahat ng kaniyang mga propeta na
ang Cristo ay dapat magdusa, sa gayong paraan ay kaniyang
tinupad. 19 Kaya nga, magsisi kayo at manumbalik kayo upang
mapawi ang inyong mga kasalanan, upang dumating ang mga
panahon ng pananariwa mula sa harapan ng Panginoon, 20 at
maisugo si Jesu-Cristo na noong una pa ay naipangaral na sa
inyo. 21 Siya nga ang dapat na tanggapin ng langit hanggang
sa panahon ng pagpapanumbalik ng lahat ng mga bagay na
sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng bibig ng lahat ng kaniyang
mga banal na propeta mula noong una. 22 Sapagkat tunay na
sinabi ni Moises sa ating mga ninuno, 'Ang inyong Panginoong
Diyos ay magtitindig sa inyo ng propeta na katulad ko mula sa
inyong mga kapatid. Siya ang inyong pakikinggan sa lahat ng
mga bagay na kaniyang sasabihin sa inyo. 23 At mangyayari na
ang bawat kaluluwa na hindi makikinig sa propetang iyon ay
malilipol mula sa mga tao.'

Deu 18:15, 18, 19

24 At ang lahat ng mga propeta simula kay Samuel at sa kanila
na mga sumunod, silang lahat na nagsalita ay nagpahayag
din patungkol sa mga araw na ito. 25 Kayo ang mga anak ng
mga propeta at ng tipan♦ na itinipan mismo ng Diyos sa ating
mga ninuno na nagsasabi kay Abraham, 'At sa iyong binhi ay
pagpapalain ang lahat ng mga lahi sa lupa.'

Gen 22:18; 26:4

26 Sa inyo una, nang itinindig ng Diyos ang kaniyang Anak na si
Jesus, siya ay isinugo upang pagpalain kayo sa pagtatalikod ng
bawat isa mula sa kaniyang mga kasamaan."

Si Pedro at si Juan sa Sanhedrin

4 Habang sila ay nagsasalita sa mga tao, dumating sa kanila
ang mga saserdote, ang kapitan ng templo at ang mga
Saduseo♦ 2 na nababahala sapagkat tinuturuan nila ang mga
tao at inihahayag nila na sa pamamagitan ni Jesus ang muling
pagkabuhay mula sa mga patay. 3 Sila ay kanilang dinakip at
ibinilanggo hanggang sa kinabukasan dahil noon ay gumagabi

3:15 Luc 24:48
3:17 Luc 23:34
3:18 Mat 1:22; Luc 24:27
3:20 Luc 2:11
3:21 Mat 17:11; Luc 1:70
3:24 Luc 24:27
3:25 Rom 9:4-5
3:26 Rom 1:16
4:1 Mat 3:7; 16:1,6; Luc 22:4

na. 4Gayunpaman marami sa mga nakarinig ng salita ay
sumampalataya, at ang bilang ng mga lalaki ay halos limang
libo.

5At nangyari, kinabukasan ay nagtipon sa Jerusalem ang
kanilang mga pinuno, mga matatanda at mga eskriba♦, 6sila
Anas na pinakapunong saserdote♦, Caifas, Juan, Alejandro at
sinumang mula sa angkan ng pinakapunong saserdote. 7Nang
nailagay sila sa kalagitnaan, sila ay tinanong, "Sa anong
kapangyarihan o sa kaninong pangalan ninyo ginawa ito?"

8Si Pedro na puspos ng Banal na Espiritu ay nagsabi sa
kanila, "Mga pinuno ng mga tao at mga matatanda ng Israel,
9kung sa araw na ito kami ay sinisiyasat sa mabuting gawa
na ginawa sa taong may kapansanan at sa anong paraan siya
gumaling, 10alamin ninyong lahat at ng buong bayan ng Israel,
na sa pamamagitan ng pangalan ni Jesu-Cristo na taga-Nazaret,
na inyong ipinako sa krus, na ibinangon ng Diyos mula sa mga
patay, sa pamamagitan niya ang lalaking ito ay nakatayo sa
inyong harapan na magaling na. 11Siya ang 'bato na hinamak
ninyo na mga tagapagtayo, siya ang naging ulo ng panulok.'
Awi 118:22
12At wala ng ibang kaligtasan sa kanino man sapagkat wala ng
ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na
dapat nating ikaligtas."

13Nang nakita nila ang katapangan nina Pedro at Juan, at
napag-alaman na sila ay mga lalaking hindi nakapag-aral at
hindi naturuan, sila ay namangha at kanilang nalaman na sila
ay mga naging kasama ni Jesus. 14At habang nakikita nila ang
lalaking pinagaling na nakatayong kasama nila, wala silang
masabing laban dito. 15Ngunit pagkatapos silang utusan na
lumabas sa Sanhedrin♦, sila ay nagsanggunian sa isa't isa
16na nagsasabi, "Anong gagawin natin sa mga lalaking ito?
Sapagkat totoong ang kapansin-pansing tanda na nangyari sa
pamamagitan nila ay hayag sa lahat ng mga naninirahan sa
Jerusalem at hindi natin ito maipagkakaila. 17Ngunit upang
hindi na ito maikalat pa sa mga tao, pagbantaan natin sila sa
babalang huwag nang magsalita sa sinumang tao sa pangalang
ito."

18Kaya pagkatawag sa kanila, sila ay inutusan na huwag
nang magsalita kahit kailan, ni magturo sa pangalan ni Jesus.
19Ngunit sina Pedro at Juan ay sumagot at nagsabi sa kanila,
"Kung ito ay matuwid sa paningin ng Diyos na kayo ang
pakinggan higit sa Diyos, kayo ang humatol 20sapagkat hindi
namin kayang hindi magsalita patungkol sa mga bagay na
aming nakita at narinig." 21Nang sila ay napagbantaan pa
nila ng higit, sila ay kanilang pinalaya sapagkat wala silang

4:5 Luc 23:13
4:6 Mat 26:3
4:8 Luc 1:15; 23:13
4:10 Mar 1:24
4:11 Mat 21:42; Efe 2:20; 1Pe 2:7
4:12 Mat 1:21; Jua 14:6; Rom 11:14; 1Ti 2:5
4:13 Mat 11:25; Mar 3:14; Luc 22:8
4:15 Mat 5:22
4:16 Jua 11:47
4:20 Luc 24:48
4:21 Mat 9:8

nakikitang paraan upang sila ay maparusahan dahil sa mga tao,
dahil niluluwalhati ng lahat ng mga tao ang Diyos sa nangyari
22 sapagkat ang lalaki na siyang ginawan ng tanda na ito ng
pagpapagaling ay mahigit apatnapung taong gulang na.

Ang Panalangin ng mga Mananampalataya

23 Nang sila ay napalaya na, pumunta sila sa kanilang mga
kasamahan at kanilang ibinalita ang anumang sinabi sa kanila
ng mga punong saserdote♦ at ng matatanda. 24 Nang kanilang
narinig iyon, nagkaisa silang tumawag sa Diyos at kanilang
sinabi, "Panginoon, ikaw ang Diyos na siyang gumawa ng
langit, ng lupa, ng dagat at ng lahat ng mga naroroon. 25 Ikaw,
sa pamamagitan ng bibig ng iyong lingkod na si David, ang
siyang nagsabi, 'Bakit napoot ang mga bansa at ang mga tao ay
nag-isip ng mga walang kabuluhan? 26 Ang mga hari sa lupa ay
tumindig at ang mga pinuno ay nagtipon laban sa Panginoon at
laban sa kaniyang Cristo.'

Awi 2:1-2

27 "Sapagkat totoong nagtipon sina Herodes at Pontio Pilato,
kasama ang mga Gentil♦ at ang bayan ng Israel laban sa iyong
Banal na Anak na si Jesus, na iyong pinahiran ng langis,
28 upang gawin ang anumang itinakda ng iyong kamay at ng
iyong kalooban nang una pa na dapat mangyari. 29 Ngayon
Panginoon, masdan mo ang kanilang mga pagbabanta.
Ipagkaloob mo sa iyong mga alipin na buong tapang na
makapagpahayag ng iyong salita 30 sa pamamagitan ng pag-unat
mo ng iyong kamay upang magpagaling, at upang ang mga
tanda at ang mga kamangha-manghang gawa ay maganap sa
pamamagitan ng pangalan ng iyong Banal na Anak na si Jesus."
31 Pagkatapos nilang manalangin, nayanig ang dako kung
saan sila nagkatipon, at silang lahat ay napuspos ng Banal na
Espiritu at ipinahayag nilang may katapangan ang salita ng
Diyos.

Ang Pagbahaginan ng mga Mananampalataya

32 Ang malaking bilang ng mga sumampalataya ay isa sa
puso at sa kaluluwa, at wala ni isa man ang nagsabi na ang
mga tinatangkilik niya ay sa kaniya kundi ang lahat ng mga
bagay ay para sa lahat. 33 At sa pamamagitan ng dakilang
kapangyarihan, ang mga apostol ay nagbigay ng patotoo♦ sa
muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus, at ang dakilang
biyaya ay sumakanilang lahat. 34 Walang sinuman sa kanila ang
nangailangan sapagkat ipinagbili ng sinumang mga nagmamay-
ari ang kanilang mga lupain o mga tirahan, at ang halaga ng
pinagbilhan ay kanilang dinala 35 at inilagay sa paanan ng mga

4:26 Luc 4:18
4:27 Mat 14:1; 27:2; Luc 23:12
4:29 Efe 6:19; Flp 1:14
4:30 Jua 4:48
4:31 Luc 1:15; Heb 4:12
4:33 Luc 24:48; Rom 3:24
4:34 Mat 19:21

apostol, at ipinamamahagi ito sa bawat isa ayon sa kaniyang pangangailangan.

36 Si Jose, na sa pamamagitan ng mga apostol ay
pinangalanang Barnabas (na ang kahulugan ay anak ng
kaaliwan), na isang Levita na ipinanganak sa Cyprus, 37 ay
nagmamay-ari ng bukirin. Nang ito ay kaniyang naipagbili,
dinala niya ang salapi at inilagay sa paanan ng mga apostol.

5 Ngunit isang lalaking nagngangalang Ananias, kasama
ang kaniyang asawang si Safira, ay nagbenta ng ari-arian
2 at nilustay ang bahagi mula sa pinagbilhan na alam din ng
kaniyang asawa, at nang dinala niya ang natitirang bahagi,
inilagay ito sa paanan ng mga apostol. 3 Ngunit sinabi ni Pedro,
"Ananias, bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso upang
magsinungaling ka sa Banal na Espiritu at upang lustayin ang
bahagi ng halagang pinagbilhan ng lupa? 4 Nang ito ay hindi
pa naipagbibili, hindi ba ito ay nananatili sa iyo? Nang ito ay
naipagbili na, hindi ba ito ay nasa ilalim ng iyong pamamahala?
Bakit inilagay mo ang gawaing ito sa iyong puso? Hindi ka
nagsinungaling sa mga tao kundi sa Diyos."

4:36 1Co 9:6; Gal 2:1, 9,13
5:3 Mat 4:10; Jua 13:2,27
5:6 Jua 19:40
5:12 Jua 4:48; 10:23

5 At habang naririnig ni Ananias ang mga salitang ito, siya
ay natumba at namatay. Kaya dumating ang matinding takot sa
lahat ng mga nakarinig ng mga bagay na ito. 6 At tumindig ang
mga kabataan at siya ay kanilang binalot, dinala palabas at siya
ay kanilang inilibing.

7 At nangyari, paglipas ng halos tatlong oras, ang kaniyang
asawa na walang alam sa nangyari ay pumasok. 8 Kaya sinabi
ni Pedro sa kaniya, "Sabihin mo sa akin, sa gayong halaga ba
ninyo ipinagbili ang lupain?"

At sinabi niya, "Oo, sa gayong halaga."

9 Sinabi nga ni Pedro sa kaniya, "Bakit kayo nagkasundo
na tuksuhin ang Espiritu ng Panginoon? Narito, ang mga paa
ng mga naglibing sa iyong asawa ay nasa pintuan at dadalhin
ka nila palabas." 10 Kaya kaagad siyang bumagsak sa paanan
ni Pedro at namatay. At pagkapasok ng mga kabataang lalaki,
siya ay natagpuan nilang patay kaya siya ay kanilang dinala sa
labas at inilibing sa tabi ng kaniyang asawa. 11 At nagkaroon ng
matinding takot sa buong iglesiya at sa lahat ng mga nakarinig
sa mga bagay na ito.

Pagpapagaling ng Maraming Tao

12 Sa pamamagitan ng mga kamay ng mga apostol ay
nangyari ang maraming tanda at ang mga kamangha-
manghang gawa sa maraming tao. Silang lahat ay nagkakaisa
sa portiko ni Solomon. 13 Ngunit iyong mga iba, walang

sinuman ang naglakas-loob na mapabilang sa kanila,
gayunpaman dinakila sila ng mga tao. 14 At lalo pang
nadagdagan ang mga sumasampalataya sa Panginoon,
maraming mga lalaki at maraming mga babae. 15 Sa gayon,
dinala nila sa mga lansangan ang mga maysakit at inilagay sa
mga higaan at mga banig upang habang dumadaan si Pedro
ay maliliman man lamang ng anino ang ilan sa kanila. 16 At
dumating din ang maraming tao na mula sa mga lungsod sa
palibot ng Jerusalem na dala ang mga maysakit at ang mga
pinahihirapan ng mga karumal-dumal na espiritu at silang
lahat ay pinagaling.

Pinagmalupitan ang mga Apostol

17 At tumindig ang pinakapunong saserdote at lahat
niyaong mga kasama niya (na pangkat ng mga Saduseo). Sila
ay napuspos ng inggit 18 kaya dinakip nila ang mga apostol
at ikinulong sa bilangguang-bayan. 19 Ngunit nang gabi na,
binuksan ng anghel• ng Panginoon ang mga pintuan ng
kulungan. Nang nailabas niya ang mga apostol ay sinabi niya,
20 "Humayo kayo, tumayo kayo sa templo at sabihin ninyo sa
mga tao ang lahat ng mga salita ng Buhay na ito."

21 At pagkarinig nila nito, sila ay pumasok sa templo nang
mag-uumaga na at sila ay nagturo. Subalit pagdating ng
pinakapunong saserdote at ng mga kasama niya, pinulong nila
ang Sanhedrin at lahat ng matatanda sa mga anak ng Israel. At
nagsugo sila sa piitan upang kunin ang mga apostol.

22 Ngunit nang dumating ang mga opisyal, hindi nila nakita
sa kulungan ang mga apostol kaya sa pagbalik nila, sila rin ay
nag-ulat 23 na nagsasabi, "Natagpuan nga namin ang piitan na
nakasarang mabuti at ang mga bantay ay nakatayo sa labas ng
mga pintuan, ngunit nang aming buksan ang mga pinto, wala
kaming nakita kahit isa sa loob." 24 Nang ang mga salitang ito
ay narinig ng mga saserdote, ng kapitan ng templo at ng mga
punong saserdote, sila ay lubhang nabahala patungkol sa kanila
kung ano ang magiging kahihinatnan nito. 25 Ngunit dumating
ang isang lalaki at nag-ulat sa kanila na sinasabi, "Narito, ang
mga lalaking inilagay ninyo sa bilangguan ay nakatayo sa
templo at nagtuturo sa mga tao!"

26 Pagkatapos nito, pumunta sa templo ang kapitan kasama
ang mga opisyal at dinala ang mga apostol nang walang dahas
dahil natatakot sila sa mga tao na baka sila ay pagbabatuhin.
27 Nang nadala nila ang mga apostol, sila ay pinatayo sa harap
ng Sanhedrin at tinanong sila ng pinakapunong saserdote 28 na
sinasabi, "Hindi ba mahigpit naming iniutos sa inyo na huwag
kayong magturo sa pangalang ito? Narito, pinuno na ninyo ng

5:16 Mat 8:16; Mar 16:17
5:19 Mat 1:20; 28:2; Luc 1:11; Jua 20:12
5:20 Jua 6:63,68
5:21 Mat 5:22
5:27 Mat 5:22
5:28 Mat 23:35

inyong katuruan ang Jerusalem at ibig ninyong papanagutin
kami sa dugo ng taong ito."
29 Si Pedro at ang mga apostol ay sumagot at sinabi,
"Kinakailangan naming sumunod sa Diyos kaysa sa mga tao.
30 Ang Diyos ng ating mga ninuno ang nagbangon kay Jesus
na inyong pinatay sa pagbitin sa kaniya sa kahoy*. 31 Siya,
ang Pinakapinuno at ang Tagapagligtas, ay itinaas ng Diyos
sa kaniyang kanang kamay upang pagkalooban ng pagsisisi
ang Israel at kapatawaran ng mga kasalanan. 32 Kami ay mga
saksi niya patungkol sa mga salitang ito, gayundin ang Banal
na Espiritu na siyang ibinigay ng Diyos sa kanila na mga
sumusunod sa kaniya."
33 Nang narinig nila ito, nag-alab ang kanilang galit at
kanilang pinagpasyahan na sila ay patayin. 34 Ngunit tumayo
ang isa sa Sanhedrin, isang Fariseo♦ na ang pangalan ay
Gamaliel, isang tagapagturo ng Kautusan na iginagalang
ng lahat ng mga tao. Iniutos niyang ilabas sandali ang mga
apostol. 35 At sinabi rin niya sa kanila, "Mga ginoo, mga
taga-Israel, mag-ingat kayo sa inyong mga sarili, sa inyong
mga iniisip na gawin laban sa mga taong ito 36 sapagkat bago
pa sa mga araw na ito ay tumindig si Teudas, na nagsasabi
na isa siyang tanyag, na sa kaniya ay sumama ang mga
lalaki na ang bilang ay halos apatnaraan. Siya ay pinatay at
ang lahat ng mga nahikayat niya ay nagkahiwa-hiwalay at
naging walang kabuluhan. 37 Pagkatapos nito ay tumindig
si Judas na taga-Galilea sa mga araw ng pagpapatala at siya
ay nakahikayat ng maraming tao upang sumunod sa kaniya,
at siya rin ay namatay at ang lahat ng mga nahikayat niya
ay nangalat. 38 At ito ngayon ang sinasabi ko sa inyo, layuan
ninyo ang mga taong ito at pabayaan sila sapagkat kung ang
layunin o ang gawaing ito ay mula sa tao, ito ay mabubuwag.
39 Ngunit kung ito ay mula sa Diyos, ito ay hindi ninyo
makakayang buwagin, at baka kayo ay matagpuang mga
kalaban ng Diyos."
40 Sila ay kaniya ngang nahikayat kaya kanilang
ipinatawag ang mga apostol. Pagkatapos silang hagupitin,
sila ay kanilang inutusan na huwag magsalita sa pangalan ni
Jesus, at sila ay kanilang pinalaya. 41 Kaya nga, sila ay umalis
sa harapan ng Sanhedrin na nagagalak dahil sila ay ibinilang
na karapat-dapat na dumanas ng kahihiyan alang-alang sa
kaniyang pangalan. 42 At sa bawat araw sa templo at sa mga
bahay, sila ay hindi tumitigil sa pagtuturo at sa pagpahayag
ng ebanghelyo, na si Jesus ang Cristo.

5:30 Gal 3:13
5:31 Mar 1:4; 16:19; Luc 2:11; 24:47
5:32 Luc 24:48; Jua 15:26
5:34 Luc 2:46
5:37 Luc 2:1-2
5:38 Mat 15:13
5:40 Mat 10:17
5:41 Mat 5:12; Jua 15:21

* **5:30** *kahoy*: Hindi ito punongkahoy kundi isang kahoy na nakalaan na magamit sa isang layunin kagaya ng krus, pang-ipit ng kamay o paa ng isang bilanggo.

Pumili Sila sa Pitong Diyakono

6 Sa mga araw na iyon, nang dumarami ang mga alagad, ay
nagkaroon ng bulung-bulungan ang mga Helenista* laban
sa mga Hebreo sapagkat ang kanilang mga babaing balo ay
nakakaligtaan sa araw-araw na paglilingkod. 2Kaya tinawag ng
labindalawa ang maraming alagad at sinabi, "Hindi nararapat
na iwanan namin ang salita ng Diyos upang maglingkod sa
mga hapag. 3Dahil dito, mga kapatid, humanap kayo ng pitong
lalaking mula sa inyo na may mabuting patotoo, puspos ng
Banal na Espiritu at karunungan, na siyang itatalaga natin sa
gawaing ito. 4Ngunit kami ay matatag na magpapatuloy sa
pananalangin at sa paglilingkod para sa salita."

5Ang salitang ito ay nagbigay-lugod sa harap ng buong
karamihan. Kaya pinili nila si Esteban na lalaking puspos
ng pananampalataya at ng Banal na Espiritu, at sina Felipe,
Procoro, Nicanor, Timon, Parmenas at Nicolas na taga-
Antioquia na nagbago ng paniniwala†. 6Sila ay kanilang
pinatayo sa harap ng mga apostol, at nang sila ay nanalangin,
ipinatong ng mga apostol ang kanilang mga kamay sa kanila.

7At lumaganap ang salita ng Diyos kaya ang bilang ng mga
alagad sa Jerusalem ay lubhang dumami, at lubhang marami sa
mga saserdote ang sumunod sa pananampalataya.

Hinuli si Esteban

8At si Esteban na puspos ng pananampalataya at
kapangyarihan ay gumawa ng mga kamangha-manghang gawa
at ng mga dakilang tanda sa kalagitnaan ng mga tao. 9Ngunit
may mga tumayo mula sa tinatawag na Sinagoga♦ ng mga
Pinalaya (ng mga taga-Cerene, ng mga taga-Alexandria at ng
mga mula sa Silicia at sa Asya) na nakikipagtalo kay Esteban.
10Subalit wala silang kakayahan upang labanan ang karunungan
at ang Espiritu na sa pamamagitan nito ay nagsasalita siya.
11Kaya nagsuhol sila sa mga lalaki na nagsasabi, "Narinig
namin siya na nagsasalita ng mga mapaglapastangang
pananalita laban kay Moises at laban sa Diyos." 12At kanilang
ginulo ang mga tao, ang matatanda at ang mga eskriba. At
sa kanilang pagtayo, sinunggaban nila si Esteban at dinala sa
Sanhedrin. 13Gayundin, nagharap sila ng mga bulaang saksi na
nagsasabi, "Ang taong ito ay hindi tumitigil sa pagsasalita ng
mga mapaglapastangang pananalita laban sa banal na dakong
ito at sa Kautusan 14sapagkat narinig namin siyang nagsasabi
na itong si Jesus na taga-Nazaret ang wawasak ng dakong

6:1 1Ti 5:3
6:2 Heb 4:12
6:3 Luc 1:15
6:5 Luc 1:15
6:6 Mar 5:23; 1Ti 4:14
6:8 Jua 4:48
6:9 Mat 27:32
6:10 Luc 21:15
6:11 Mat 26:59-61
6:12 Mat 5:22
6:13 Mat 24:15
6:14 Jua 2:19

* **6:1** *Helenista*: Sila ay mga Judio na ang wika ay wikang Griyego.
† **6:5** *nagbago ng paniniwala*: Ito ay ang mga taong kabilang sa paganong paniniwala na nahikayat sa Judaismo, ang paniniwala ng mga Judio.

ito at babaguhin ang mga kaugalian na ibinigay ni Moises sa atin." 15At nang siya ay tinitigan ng lahat ng mga nakaupo sa Sanhedrin, nakita nila na ang kaniyang mukha ay katulad ng mukha ng anghel.

Humarap si Esteban sa Sanhedrin

7 At sinabi ng pinakapunong saserdote, "Totoo nga ba ang mga bagay na ito?"

2Kaya sinabi niya, "Mga ginoo, mga kapatid, at mga ama, makinig kayo. Ang Diyos ng kaluwalhatian ay nagpakita sa ating amang si Abraham nang siya ay nasa Mesopotamia, bago siya manirahan sa Haran. 3At sinabi sa kaniya, 'Umalis ka mula sa iyong lupain at mula sa iyong kamag-anakan at pumunta ka sa lupain na ipapakita ko sa iyo.'

Gen 12:1

4Nang magkagayon, pagkaalis niya mula sa bayan ng Caldea, siya ay nanirahan sa Haran. Mula roon, pagkamatay ng kaniyang ama, siya ay dinala ng Diyos sa lupaing ito kung saan kayo ay naninirahan ngayon. 5Hindi siya binigyan ng Diyos ng pamana roon, kahit man lang mayayapakan ng paa. Ngunit ipinangako niya na ibibigay ito sa kaniya bilang kaniyang pag-aari at sa kaniyang binhi pagkatapos niya, kahit siya ay wala pang anak. 6At ang Diyos ay nagsalita sa ganitong paraan, ang kaniyang binhi ay magiging dayuhan sa ibang bayan at sila ay aalipinin at pagmamalupitan sa loob ng apatnaraang taon. 7'At hahatulan ko ang bansa na mang-aalipin sa kanila,' sinabi ng Diyos. 'Pagkatapos ng mga bagay na ito, sila ay lalabas at maglilingkod sa akin sa dakong ito.'

Gen 15:13-14

8At ibinigay niya sa kaniya ang tipan♦ ng pagtutuli at sa ganitong paraan naging anak ni Abraham si Isaac at siya ay tinuli sa ikawalong araw, at isinilang si Jacob kay Isaac at isinilang kay Jacob ang labindalawang patriarka.

9"Dahil sa inggit ng mga patriarka, si Jose ay ipinagbili sa Egipto. Gayunpaman, ang Diyos ay kasama niya. 10At siya ay iniligtas ng Diyos mula sa lahat ng kaniyang mga paghihirap at binigyan siya ng biyaya at karunungan sa harap ni Faraon na hari ng Egipto, at itinalaga siyang gobernador sa buong Egipto at sa kaniyang buong sambahayan. 11Ngunit dumating ang taggutom sa buong lupain ng Egipto at Canaan at matinding kahirapan, at walang matagpuang pagkain ang ating mga ninuno. 12Ngunit nang narinig ni Jacob na may trigo sa Egipto, una niyang isinugo ang ating mga ninuno. 13At sa ikalawang pagkakataon ay nakilala si Jose ng kaniyang mga kapatid at ang angkan ni Jose ay nahayag kay Faraon. 14Pagkatapos nito,

6:15 Mat 5:22
7:5 Heb 11:13

nagsugo si Jose at ipinatawag ang kaniyang amang si Jacob at
ang lahat ng kaniyang kamag-anak na pitumpu't limang katao.
15 Bumaba si Jacob sa Egipto at namatay, siya at ang ating
mga ninuno. 16 Kaya sila ay inilipat sa Shekem at inilagay sa
libingang binili ni Abraham sa halaga ng salapi sa mga anak ni
Hamor sa Shekem.

17 "Ngunit nang malapit na ang panahon ng pangako na
sinumpaan ng Diyos kay Abraham, nadagdagan at lalong
dumami ang mga tao sa Egipto 18 'hanggang sa dumating ang
ibang hari na hindi nakakilala kay Jose.'

Exo 1:8

19 Siya ay nagharing may katusuhan sa ating lahi at kaniyang
pinagmalupitan ang ating mga ninuno upang pabayaan sa
labas ang kanilang mga sanggol nang sa gayon ay hindi sila
mabuhay. 20 Si Moises ay ipinanganak nang panahong iyon
at siya ay kaaya-aya sa harap ng Diyos, at tatlong buwan
siyang inalagaan sa bahay ng kaniyang ama. 21 At nang siya
ay pinabayaan sa labas, siya ay inampon ng babaing anak
ni Faraon at siya ay inalagaan para maging kaniyang anak.
22 Kaya si Moises ay tinuruan sa lahat ng karunungan ng mga
taga-Egipto at siya ay makapangyarihan sa mga salita at sa
mga gawa.

23 "Ngunit nang siya ay ganap nang apatnapung taong
gulang, ninais ng kaniyang puso na dalawin ang kaniyang
mga kapatid, ang mga anak ni Israel. 24 At nang nakita niya
na ang isa ay sinasaktan, pinagtanggol niya at sa paghihiganti
ng inaapi ay pinatay niya ang taga-Egipto 25 sapagkat inakala
niya na mauunawaan ng kaniyang mga kapatid na ang Diyos
ang nagbibigay sa kanila ng kaligtasan sa pamamagitan
ng kaniyang kamay, ngunit hindi nila ito naunawaan.
26 Kinabukasan, nagpakita siya sa kanila na mga nag-aaway
at siya ay namagitan sa kanila para sa kapayapaan at sinabi,
'Mga ginoo, kayo ay magkapatid, bakit kayo gumagawa ng
hindi tama sa isa't isa?' 27 Ngunit si Moises ay itinulak ng taong
gumagawa ng hindi tama sa kaniyang kapwa na sinasabi, 'Sino
ang nagtalaga sa iyo na maging pinuno at hukom sa amin?
28 Ninanais mo ba akong patayin katulad ng pagpatay mo sa
taga-Egipto kahapon?'

Exo 2:14

29 Kaya si Moises ay tumakas dahil sa pananalitang ito at siya
ay naging dayuhan sa lupain ng Midian kung saan siya ay
nagkaanak ng dalawang lalaki.

30 "At pagkalipas ng apatnapung taon, isang anghel ng
Panginoon ang nagpakita sa kaniya sa ilang na dako ng
bundok ng Sinai sa ningas ng apoy sa isang mababang

7:20
Heb 11:23

palumpong*. 31Nang nakita ito ni Moises, siya ay namangha
sa tanawin, ngunit nang siya ay lumapit upang pagmasdan ito,
dumating sa kaniya ang tinig ng Panginoon, 32'Ako ang Diyos
ng iyong mga ninuno, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni
Isaac, at ang Diyos ni Jacob.'

Exo 3:6

Kaya si Moises, sa kaniyang panginginig, ay hindi naglakas-
loob na pagmasdan ito. 33Kaya sinabi sa kaniya ng Panginoon,
'Alisin mo ang mga pangyapak sa iyong mga paa sapagkat
ang dakong kinatatayuan mo ay lupang banal. 34Sa aking
pagmamasid, namasdan ko ang labis na kalupitan ng mga
taga-Egipto sa aking bayan at narinig ko ang kanilang hinagpis.
Kaya ako ay bumaba upang sila ay iligtas. Halika, susuguin
kita sa Egipto.'

Exo 3:5, 7, 8, 10

35"Ito ang Moises na kanilang tinanggihan nang kanilang
sabihin, 'Sino ang nagtalaga sa iyo na maging pinuno at
hukom?'

Exo 2:14

Siya ang isinugo ng Diyos na pinuno at tagapagpalaya sa
pamamagitan ng kamay ng anghel na nagpakita sa kaniya
sa mababang punongkahoy. 36Siya ang nanguna sa kanilang
paglabas na ginawa ang mga kamangha-manghang gawa at mga
tanda sa lupain ng Egipto, sa Dagat na Pula at sa ilang na dako
sa loob ng apatnapung taon.

7:36 Jua 4:48
7:38 Rom 3:2; Heb 4:12
7:41 Pah 9:20

37"Ito ang Moises na siyang nagsabi sa mga anak ni Israel,
'Ang inyong Panginoon Diyos ay magtitindig sa inyo ng
propeta na katulad ko mula sa inyong mga kapatid. Siya ang
inyong pakikinggan.'

Deu 18:15

38"Ito yaong naroon sa kapulungan sa ilang na dako, na
kasama ang anghel na siyang nagsalita sa kaniya sa bundok ng
Sinai at kasama ang ating mga ninuno. Siya ang tumanggap ng
mga buhay na pahayag ng Diyos upang ibigay sa atin. 39Ang
ating mga ninuno ay hindi naging masunurin sa kaniya, sa
halip, sila ang nagtakwil sa kaniya at kanilang ibinaling ang
kanilang mga puso sa Egipto. 40Sila ang nagsabi kay Aaron,
'Igawa mo kami ng mga diyos na mangunguna sa amin
sapagkat hindi na namin alam kung ano ang nangyari kay
Moises na siyang nanguna sa paglabas namin sa lupain ng
Egipto.'

Exo 32:1, 23

41At sila ay gumawa ng guyang baka nang mga araw na iyon at

* **7:30** *palumpong*: Makahoy na halaman na may mga mababababang sanga. Ito ay mas maliit kaysa sa punongkahoy.

naghandog ng hain sa diyos-diyosang iyon, at sila ay pinasaya
ng mga gawa ng kanilang mga kamay. 42Kaya ang Diyos ay
tumalikod at hinayaan silang sumamba sa hukbo ng langit*
kagaya ng nasusulat sa aklat ng mga propeta, 'O, sambahayan
ni Israel, hinandugan ba ninyo ako ng mga pinatay na hayop at
mga hain sa loob ng apatnapung taon sa ilang na dako? 43Dinala
rin ninyo ang kubol ni Moloc at ang bituin ng diyos ninyong
si Refan, ang mga diyos-diyosan na ginawa ninyo upang sila
ang inyong sambahin. Dadalhin ko rin kayong bihag sa dakong
lagpas pa ng Babilonia.'

Amo 5:25-27

44"Ang tabernakulo ng patotoo♦ ay nasa ating mga ninuno
sa ilang na dako, upang ito ay gawin na ayon sa huwarang
kaniyang nakita, na ayon sa iniutos niyaong nagsalita kay
Moises. 45Ito ay dinala rin ng mga sumunod na mga ninuno
natin, kasama ni Josue, sa lupain ng mga Gentil na mga
pinalayas ng Diyos sa harapan ng ating mga ninuno, hanggang
sa mga araw ni David 46na siyang nakasumpong ng biyaya
sa paningin ng Diyos kaya hiniling niya na makita ang
tabernakulo para sa Diyos ni Jacob. 47Ngunit si Solomon ang
nagtayo ng bahay para sa kaniya.

48"Subalit ang Kataas-taasan ay hindi nananahanan sa mga
banal na dako ng templo na gawa ng mga kamay, katulad sa
sinasabi ng propeta, 49'Ang langit ay ang aking trono at ang
lupa ay ang tuntungan ng aking mga paa. Anong bahay ang
itatayo ninyo sa akin? ang sabi ng Panginoon. O anong dako
ang pahingahan ko? 50Hindi ba ang aking kamay ang gumawa
ng lahat ng mga ito?'

Isa 66:1-2

51"Kayong mga matitigas ang ulo at hindi tuli ang puso at
mga tainga, palagi ninyong sinasalungat ang Banal na Espiritu.
Kung ano ang inyong mga ninuno ay gayundin naman kayo!
52Sino sa mga propeta ang hindi pinagmalupitan ng inyong mga
ninuno? Pinatay nila ang mga unang nagpahayag patungkol
sa pagdating niyaong Matuwid. Sa kaniya, kayo ngayon ang
naging mga tagapagkanulo at mga mamamatay-tao. 53Kayo ang
tumanggap ng Kautusan na atas ng mga anghel subalit ito ay
hindi ninyo tinupad."

7:48 Mar 5:7
7:49 Mat 5:34-35
7:52 Mat 5:12; 1Te 2:15
7:53 Gal 3:19; Heb 2:2
7:55 Mar 16:19; Luc 1:15

Binato Nila si Esteban

54Ngunit nang narinig nila ang mga bagay na ito, nag-alab
ang galit sa kanilang mga puso at nagngalit ang kanilang mga
ngipin laban kay Esteban. 55Subalit siya, na puspos ng Banal na

* **7:42** *hukbo ng langit*: Ang tinutukoy nito ay ang mga bituin sa langit o ang buwan o araw kaya.

Espiritu, nang tumingala siyang nakatuon sa langit ay nakita
niya ang kaluwalhatian ng Diyos, at si Jesus na nakatayo sa
bahaging kanan ng Diyos. 56Kaya sinabi niya, "Narito, Nakikita
kong nabuksan na ang kalangitan at ang Anak ng Tao♦ ay
nakatayo sa bahaging kanan ng Diyos!"
57Kaya sumigaw sila na may malakas na tinig, tinakpan
nila ang kanilang mga tainga at nagkakaisa nilang sinugod si
Esteban. 58Nang siya ay naitaboy nila palabas sa lungsod, siya
ay kanilang pinagbabato, at inilagay ng mga saksi ang kanilang
mga damit malapit sa paanan ng kabataan na tinatawawag
na Saulo. 59At pinagbabato nila si Esteban habang siya ay
tumatawag at sinasabi, "Panginoong Jesus, tanggapin mo ang
aking espiritu." 60Pagkatapos nito, habang siya ay nakaluhod,
siya ay sumigaw na may malakas na tinig, "Panginoon, huwag
mo nawang ipataw sa kanila ang kasalanang ito." Pagkasabi
niya nito, siya ay namatay.

7:56 Mat 3:16; 8:20
7:58 Luc 4:29
7:59 Luc 23:46
7:60 Mat 5:44; 9:24; Luc 22:41
8:3 1Co 15:9; Gal 1:13, 23; Flp 3:6; 1Ti 1:13
8:7 Mat 4:24; Mar 16:17

Pinagmalupitan ni Pablo ang Iglesiya

8 At si Saulo ay sumang-ayon sa pagpatay kay Esteban. Sa
araw na iyon ay nagkaroon ng matinding pagmamalupit
laban sa iglesiya na nasa Jerusalem, at silang lahat ay nangalat
sa lahat ng mga dako sa Judea at Samaria, maliban sa mga
apostol. 2Inilibing si Esteban ng mga lalaking makadiyos at sila
ay nagkaroon ng labis na pagdadalamhati sa kaniya.
3At labis na pinipinsala ni Saulo ang iglesiya, pinapasok niya
ang bawat bahay, kinakaladkad ang mga lalaki at mga babae at
dinadala niya sa kulungan.

Si Felipe sa Samaria

4Kaya nga, sila na mga nangalat ay naglakbay na
ipinangangaral ang ebanghelyo. 5At nang bumaba si Felipe sa
lungsod ng Samaria, ipinangaral niya ang Cristo sa kanila. 6At
pinakinggan ng napakaraming tao ang mga bagay na sinalita
ni Felipe, na may pagkakaisa sa pakikinig at sa pagmamasid
sa mga tanda na ginawa niya, 7sapagkat ang mga karumal-
dumal na espiritu, na sumisigaw na may malakas na tinig, ay
lumalabas sa maraming mga inaalihan at ang maraming mga
nalumpo at ang mga pilay ay napagaling. 8At nagkaroon ng
malaking kagalakan sa lungsod na iyon.

Si Simon na Salamangkero

9Ngunit may isang lalaki na ang pangalan ay Simon, na noon
ay gumagawa ng panggagaway sa lungsod at pinamamangha
ang mga tao sa Samaria, na nagsasabing siya ay isang taong
dakila. 10Ang lahat, buhat sa pinakamaliit hanggang sa

pinakadakila ay nakikinig sa kaniya at kanilang sinasabi, “Ang
lalaking ito ang dakilang kapangyarihan ng Diyos.” 11 At siya
ay pinakinggan nila sapagkat sa mahabang panahon sila ay
pinamangha na sa mga panggagaway. 12 Ngunit nang sila ay
naniwala kay Felipe na nangangaral ng ebanghelyo, patungkol
sa paghahari ng Diyos at patungkol sa pangalan ni Jesu-Cristo,
sila ay nabawtismuhan, kapwa mga lalaki at mga babae. 13 At si
Simon mismo ay naniwala rin, at nang siya ay nabawtismuhan,
siya ay nanatiling kasama ni Felipe. Habang nakikita niya ang
mga makapangyarihang mga gawa at mga tanda na nagaganap,
siya ay namangha.

14 Nang narinig ng mga apostol na nasa Jerusalem na
natanggap na ng Samaria ang salita ng Diyos, sinugo nila
sina Pedro at Juan sa kanila. 15 Nang sila ay nakarating, sila
ay nanalangin para sa kanila upang tanggapin ang Banal na
Espiritu, 16 sapagkat siya ay hindi pa bumaba sa kaninuman
sa kanila subalit nabawtismuhan na sila sa pangalan ng
Panginoong Jesus. 17 Kaya ipinatong nila ang kanilang mga
kamay sa kanila at tinanggap nila ang Banal na Espiritu.

18 Nang nakita ni Simon na sa pamamagitan ng pagpatong ng
mga kamay ng mga apostol, ibinibigay ang Banal na Espiritu,
sila ay inalok niya ng maraming salapi, 19 na sinasabi, “Bigyan
din ninyo ako ng kapangyarihang ito upang kung maipatong ko
ang mga kamay sa kaninuman, matatanggap niya ang Banal na
Espiritu.”

20 Ngunit sinabi ni Pedro sa kaniya, “Ang iyong salapi nawa
ay mapahamak na kasama mo sapagkat iniisip mong mabibili
ang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng mga salapi! 21 Wala
kang bahagi, ni karapatan man sa bagay na ito sapagkat ang
puso mo ay hindi matuwid sa harap ng Diyos. 22 Kaya nga
magsisi ka sa kasamaan mong ito at magsumamo ka sa Diyos,
baka sakaling patatawarin ka sa hangarin ng iyong puso
23 sapagkat nakikita kong ikaw ay nasa apdo ng kapaitan at
gapos ng kalikuan.”

24 Sumagot si Simon at kaniyang sinabi, “Manalangin kayo
sa Panginoon alang-alang sa akin upang huwag mangyari sa
akin ang alinman sa mga sinabi ninyo.” 25 Kaya nga, nang
nakapagpatotoo sila at nagpahayag ng salita ng Panginoon, sila
ay bumalik sa Jerusalem at ipinangaral nila ang ebanghelyo sa
maraming nayon ng mga taga-Samaria.

Si Felipe at ang Makapangyarihang Kapon

26 At ang anghel ng Panginoon ay nagsalita kay Felipe na
sinasabi, “Tumindig ka at pumaroon ka patungong timog, sa
daang pababa mula sa Jerusalem hanggang sa Gaza.” Ito ay

8:12 Mat 3:2
8:14 Luc 22:8; Heb 4:12
8:15 Jua 20:22
8:16 Mat 28:19
8:17 Jua 20:22
8:20 Mat 10:8

ilang na dako. 27 Siya ay tumindig at pumaroon, at narito,
isang lalaking taga-Etiopia, isang makapangyarihang
kapon na namamahala sa lahat ng kayamanan ni Candace
na reyna ng mga taga-Etiopia, ay pumaroon sa Jerusalem
upang sumamba 28 at siya ay pabalik na. At habang siya
ay nakaupo sa kaniyang karwahe, binabasa niya ang
propetang Isaias. 29 Sinabi ng Espiritu kay Felipe, "Lumapit
ka at sumama ka sa karwaheng ito."
30 At nang tumakbong papalapit si Felipe, narinig
niyang binabasa nito ang propetang Isaias. At sinabi niya,
"Nauunawaan mo bang lubos ang iyong binabasa?"
31 Ngunit sinabi niya, "Papaano ko mauunawaan kung
walang sinumang gagabay sa akin?" Kaya pinakiusapan
niya si Felipe na umakyat upang umupong kasama
niya. 32 Ang nilalaman ng Kasulatan♦ na binabasa niya
ay ito, "Siya ay dinala katulad ng tupa sa katayan at
katulad ng kordero na walang imik sa harap ng kaniyang
manggugupit. Sa ganoong paraan ay hindi niya ibinuka
ang kaniyang bibig. 33 Sa kaniyang pagpapakumbaba,
ipinagkait sa kaniya ang katarungan. Sino ang maghahayag
ng kaniyang lahi? Sapagkat ang kaniyang buhay ay inalis
sa lupa."

Isa 53:7-8

34 Nang sumagot ang kapon kay Felipe, sinabi niya,
"Isinasamo ko sa iyo, patungkol kanino itong sinasabi ng
propeta? Patungkol ba sa kaniyang sarili o patungkol sa
iba?" 35 Pagkatapos nito ibinuka ni Felipe ang kaniyang
bibig. At simula sa Kasulatang ito, ipinangaral niya ang
ebanghelyo ni Jesus sa kaniya. 36 At habang sila ay nasa
daan, nakarating sila sa dakong may tubig at sinabi ng
kapon, "Tingnan mo, may tubig! Ano ang humahadlang
upang ako ay mabawtismuhan?"
37 Ngunit sinabi ni Felipe, "Kung sumasampalataya ka
ng buong puso ay maaari kang bawtismuhan."
At siya ay sumagot at sinabi, "Sumasampalataya ako na
si Jesu-Cristo ay ang Anak ng Diyos."
38 Kaya iniutos niya na patigilin ang karwahe at
lumusong sila sa tubig, kapwa si Felipe at ang kapon, at
siya ay kaniyang binawtismuhan. 39 Ngunit nang umahon
sila mula sa tubig, si Felipe ay inagaw ng Espiritu
ng Panginoon at hindi na siya nakita ng kapon kaya
nagpatuloy ito sa kaniyang paglalakbay na nagagalak.
40 Subalit si Felipe ay natagpuan sa Azoto. At sa kaniyang
paglalakbay, ipinapangaral niya ang ebanghelyo sa lahat ng
mga lungsod hanggang sa makarating siya sa Cesarea.

8:27 Jua 12:20
8:35 Mat 5:2; Luc 24:27
8:39 2Co 12:2; 1Te 4:17; Pah 12:5

Ang Pagbabago ni Saulo

9 Ngunit si Saulo, na nag-aalab sa pagbabanta at pagpatay sa
mga alagad ng Panginoon, ay pumaroon sa pinakapunong
saserdote. **2** Humiling siya ng mga sulat para sa mga sinagoga
sa Damasco upang kung matagpuan niya ang sinumang mga
lalaki at mga babaing kaanib sa Daan*, sila ay madala niyang
nakagapos patungo sa Jerusalem.

3 At sa kaniyang paglalakbay, nang papalapit na siya sa
Damasco, biglang nagliwanag sa palibot niya ang isang
ilaw mula sa langit. **4** Bumagsak siya sa lupa at narinig ang
tinig na nagsasabi sa kaniya, "Saulo, Saulo, bakit mo ako
pinagmamalupitan?"

5 At sinabi niya, "Sino ka Panginoon?"

At sinabi ng Panginoon, "Ako si Jesus na iyong
pinagmamalupitan. Mahirap para sa iyo ang tumadyak sa mga
pantusok." **6** At habang siya ay nanginginig at namamangha,
sinabi niya, "Panginoon, ano ang ninanais mong gawin ko?"

Sinabi ng Panginoon sa kaniya, "Tumindig ka at pumunta
ka sa lungsod at sasabihin sa iyo kung ano ang dapat mong
gawin."

7 Ngunit ang mga taong kasama niya sa paglalakbay ay
nakatayo na hindi makapagsalita, yamang naririnig nga nila
ang tinig ngunit wala silang nakikitang sinuman. **8** At pagtayo
ni Saulo mula sa lupa, idinilat niya ang kaniyang mga mata
ngunit wala siyang makita. Kaya siya ay kanilang inaakay
na dinala patungo sa Damasco. **9** Tatlong araw siyang hindi
nakakakita at hindi siya kumain, ni uminom man.

10 Ngunit may isang alagad sa Damasco na ang pangalan ay
Ananias. Sinabi ng Panginoon sa kaniya sa isang pangitain,
"Ananias."

Sinabi niya, "Narito ako, Panginoon."

11 Sinabi ng Panginoon sa kaniya, "Tumindig ka at pumaroon
sa lansangang tinatawag na Tuwid at ipagtanong mo sa bahay
ni Judas ang isang lalaki na ang pangalan ay Saulo na taga-
Tarso. Sapagkat, narito, siya ay nananalangin. **12** At nakita niya
sa pangitain ang isang lalaki, na ang pangalan ay Ananias, na
dumating at nagpatong ng kamay niya sa kaniya upang siya ay
makakita."

13 Ngunit sumagot si Ananias, "Panginoon, nabalitaan ko sa
marami ang patungkol sa lalaking ito kung gaano karaming
kasamaan ang ginawa niya sa iyong mga banal sa Jerusalem.
14 At sa dakong ito, siya ay may kapahintulutan mula sa mga

9:3 1Co 15:8
9:7 Jua 12:29
9:12 Mar 5:23
9:13 Rom 1:7; Efe 1:1; Flp 1:1

* **9:2** *Daan*: Ito ay ang pamamaraan ng pagsasalarawan na ang Cristianismo ay ang "Ang Daan ng Buhay" (Gaw 19:9, 23; 22:4; 24:14, 22), o "ang Daan ng Kaligtasan" (Gaw 16:17) o "Ang Daan ng Panginoon" (Gaw 18:25).

punong saserdote upang igapos ang lahat ng mga tumatawag sa iyong pangalan."

15Ngunit sinabi ng Panginoon sa kaniya, "Pumaroon ka sapagkat siya ay piniling kasangkapan sa akin upang dalhin ang aking pangalan sa harap ng mga Gentil at ng mga hari at ng mga anak ni Israel, **16**sapagkat ipapakita ko sa kaniya kung gaano karaming mga bagay ang dapat niyang batahin dahil sa aking pangalan."

17Kaya umalis si Ananias at pumasok siya sa bahay. At pagkapatong niya ng kaniyang mga kamay kay Saulo ay kaniyang sinabi, "Kapatid na Saulo, isinugo ako ng Panginoong Jesus na siyang nagpakita sa iyo sa daang iyong pinanggalingan upang matanggap mo ang iyong paningin at mapuspos ng Banal na Espiritu." **18**At kaagad nalaglag mula sa kaniyang mga mata ang parang mga kaliskis at kaagad niyang tinanggap ang kaniyang mga paningin. At nang siya ay tumayo, siya ay binawtismuhan.

9:15 Rom 1:1; 11:13; Gal 1:15-16; 1Ti 1:12
9:16 2Co 6:4-10; 2Ti 1:8; 2:3,9
9:17 Luc 1:15
9:20 Mat 4:3
9:22 Luc 2:11
9:26 Gal 1:17-18

Si Saulo sa Damasco at Jerusalem

19At nang siya ay nakakain, siya ay lumakas. At si Saulo ay naging kasama ng mga alagad sa Damasco ng ilang araw.

20At kaagad niyang ipinangaral sa mga sinagoga ang Cristo, na siya ang Anak ng Diyos.

21Ngunit ang lahat niyaong mga nakarinig sa kaniya ay namangha at nagsabi, "Hindi ba ito ang nagwawasak sa mga taong tumatawag sa pangalan ni Jesus doon sa Jerusalem? At siya ay pumunta sa dakong ito upang sila ay nakagapos niyang madala sa mga punong saserdote."

22Ngunit lalong pinalakas si Saulo at nalito ang mga Judio na naninirahan sa Damasco dahil sa kaniyang pagpapatunay na ito ang Cristo.

23Nang makalipas ang maraming araw, sumangguni sa isa't isa ang mga Judio upang siya ay ipapatay. **24**Ngunit nalaman ni Saulo ang kanilang balak, kaya sa araw at sa gabi ay binabantayan nila ang mga tarangkahan upang siya ay maipapatay. **25**Gayunpaman, kinuha siya sa gabi ng mga alagad at siya ay ibinaba nila sa kabilang pader. Ibinaba siya sa pamamagitan ng isang tiklis.

26At nang dumating si Saulo sa Jerusalem, pinagsikapan niyang sumama sa mga alagad subalit silang lahat ay natakot sa kaniya dahil sila ay hindi naniniwalang siya ay isang alagad. **27**Ngunit nang nakuha siya ni Bernabe, siya ay dinala sa mga apostol at kaniyang isinalaysay sa kanila kung paano niya nakilala ang Panginoon sa daan at siya ay nagsalita sa kaniya, at kung paanong sa Damasco ay nangaral siya na may katapangan

sa pangalan ni Jesus. 28At siya ay kasa-kasama nila sa pagpasok
at sa paglabas sa Jerusalem, 29at siya ay nangangaral na may
katapangan sa pangalan ng Panginoong Jesus, na nagsasalita
at nakikipagtalo sa mga Helenista* kaya siya ay pinagsisikapan
nilang patayin. 30Ngunit nang ito ay nalaman ng mga kapatid,
siya ay dinala nila pababa sa Cesarea at siya ay pinapunta nila
sa Tarso.

31Kaya nga sa panahong iyon, ang mga iglesiya sa buong
Judea, Galilea at Samaria ay nagkaroon ng kapayapaan,
tumitibay at nagpapatuloy na may takot sa Panginoon at sa
kaaliwan ng Banal na Espiritu at dumarami.

Si Dorcas at Eneas

32At nangyari, na sa paglalakbay ni Pedro sa lahat ng mga
dako, lumusong din siya patungo sa mga banal na naninirahan
sa Lida. 33Natagpuan niya roon ang isang lalaki na ang
pangalan ay Eneas na walong taon nang nakaratay sa banig
dahil siya ay paralitiko. 34Sinabi sa kaniya ni Pedro, "Eneas,
pinapagaling ka ni Jesu-Cristo. Tumayo ka at iayos mo ang
iyong higaan." Kaya siya ay tumayo kaagad. 35At siya ay nakita
ng lahat ng mga naninirahan sa Lida at sa Sarona, at sila ay
bumaling patungo sa Panginoon.

36At sa Jopa ay may isang alagad na ang pangalan ay Tabita,
na ang kahulugan ay Dorcas. Siya ay puspos ng mabubuting
gawa at ng pamamahagi sa mga nangangailangan, iyon ang
kaniyang ginagawa. 37Ngunit nangyari nang mga araw na
iyon na siya ay nagkasakit at namatay. At siya ay hinugasan
nila at inilagay nila sa silid sa itaas. 38Nang nabalitaan ng mga
alagad na si Pedro ay naroroon, sila ay nagsugo ng dalawang
lalaki sa kaniya, na ipinamamanhik na huwag niyang patagalin
ang pagpunta sa kanila yamang ang Lida ay malapit sa Jopa.
39Kaya tumindig si Pedro at sumama sa kanila. At sa kaniyang
pagdating, siya ay dinala nila sa silid sa itaas. At tumayong
malapit sa kaniya ang lahat ng mga babaing balo na tumatangis
at ipinapakita ang mga balabal at mga damit na ginawa ni
Dorcas nang siya ay kasama pa nila. 40Ngunit nang silang
lahat ay napalabas ni Pedro, siya ay lumuhod at nanalangin.
At nang siya ay humarap sa katawan, sinabi niya, "Tabita,
bumangon ka." At iminulat niya ang kaniyang mga mata at
nang nakita niya si Pedro, siya ay umupo. 41At iniabot ni Pedro
ang kaniyang mga kamay at siya ay kaniyang itinindig. At
pagkatapos tawagin ang mga banal at mga babaing balo, siya
ay iniharap niyang buhay. 42Kaya ito ay nalaman sa buong Jopa

9:29 2Co 11:26
9:36 1Ti 2:10; Tit 3:8
9:39 1Ti 5:3
9:40 Mat 9:25; Luc 7:14; 22:41

* **9:29** *Helenista*: Sila ay mga Judio na ang wika ay wikang Griyego.

at marami ang sumampalataya sa Panginoon. 43At nangyari, na siya ay nanatili sa Jopa ng maraming araw kasama si Simon na mangungulti ng balat ng hayop.

10 May isang lalaki sa Cesarea na ang pangalan ay Cornelio. Siya ay senturion♦ ng tinatawag na batalyon♦ ng mga taga-Italia, 2isang taong sumasamba at may takot sa Diyos kasama ang kaniyang buong sambahayan, gumagawa ng maraming pamamahagi sa mga nangangailangan at patuloy na nananalangin sa Diyos. 3Nang mag-ikasiyam na ang oras, malinaw niyang nakita sa pangitain ang isang anghel ng Diyos na papalapit sa kaniya at sinabi sa kaniya, "Cornelio!"

4At nang siya ay tinitigan ng anghel, siya ay natakot at sinabi, "Ano iyon, Panginoon?"

At sinabi ng anghel sa kaniya, "Ang iyong mga panalangin at mga pamamahagi sa mga nangangailangan ay pumaitaas bilang alaala sa harap ng Diyos. 5Magsugo ka ng mga tao ngayon sa Jopa at ipasundo mo si Simon na tinatawag na Pedro. 6Siya ay nanunuluyang kasama ni Simon na mangungulti ng balat ng hayop. Ang kaniyang bahay ay nasa tabing dagat. Siya ang magsasabi sa iyo kung ano ang dapat mong gawin." 7At nang umalis na ang anghel na nagsasalita kay Cornelio, tumawag siya ng dalawa sa kaniyang mga kasambahay at ng isang matapat na kawal mula sa kanila na patuloy na naglilingkod sa kaniya. 8Pagkatapos niyang isalaysay sa kanila ang lahat ng mga bagay na ito, sila ay isinugo niya sa Jopa.

10:4 Mat 10:42; Pah 8:4
10:9 Mat 24:17
10:11 Mat 3:16
10:15 Mat 15:11; Luc 11:41; Rom 14:14, 17,20; 1Co 10:25; 1Ti 4:3-4; Tit 1:15

Ang Pangitain ni Pedro

9Kinabukasan, habang sila ay naglalakbay at papalapit na sa lungsod, si Pedro ay umakyat sa bubungan ng bahay upang manalangin nang mag-ikaanim na ang oras. 10At siya ay lubhang nagutom at ibig na niyang kumain. Ngunit habang sila ay naghahanda, dumating siya sa kalagayang parang nangangarap. 11At nakita niyang nabuksan ang langit at bumababa sa kaniya ang isang sisidlan kagaya ng isang malapad na kumot na nakabuhol ang apat na sulok at ibinababa sa lupa, 12kung saan naroroon ang lahat ng uri ng mga hayop sa lupa na may apat na paa, ang mga mababangis na hayop, ang mga hayop na gumagapang at ang mga ibon sa himpapawid. 13At dumating sa kaniya ang isang tinig, "Tumindig ka Pedro, kumatay ka at kumain ka!"

14Ngunit sinabi ni Pedro, "Hindi maaari, Panginoon! Sapagkat kailanman ay hindi pa ako kumain ng anumang bagay na karaniwan o marumi."

15At muling nagsalita sa kaniya ang tinig sa ikalawang

pagkakataon, “Ang nilinis ng Diyos ay huwag mong ituring na
marumi.” 16At ito ay nangyari ng tatlong ulit at muling hinatak
sa langit ang sisidlan.

17Habang naguguluhan si Pedro kung ano ang kahulugan ng
pangitain na nakita niya, narito, nakatayo sa tarangkahan ang
mga taong sinugo ni Cornelio na nagtatanong kung saan ang
bahay ni Simon. 18At sila ay tumawag at nagtanong kung si
Simon na tinatawag na Pedro ay nanunuluyan doon.

19Habang iniisip ni Pedro ang patungkol sa pangitain, sinabi
sa kaniya ng Espiritu, “Narito, hinahanap ka ng tatlong lalaki.
20Kaya tumindig ka at bumaba ka at sumama ka sa kanila nang
walang pag-aalinlangan dahil ako ang nagsugo sa kanila.”

21Kaya bumaba si Pedro papunta sa mga lalaking sinugo ni
Cornelio sa kaniya at sinabi, “Narito, ako ang hinahanap ninyo.
Ano ang dahilan bakit kayo ay nandito?”

22Sinabi nila, “Si Cornelio na senturion, isang taong
matuwid at may takot sa Diyos na may mabuting patotoo sa
buong bansa ng mga Judio, ay pinagtagubilinan ng Diyos sa
pamamagitan ng isang banal na anghel upang papuntahin ka
sa kaniyang bahay at makinig siya ng mga salita mula sa iyo.”
23Kaya sila ay tinawag niya at kaniyang pinatuloy.

Kinabukasan, si Pedro ay umalis na kasama nila, at ang
ilang mga kapatid mula sa Jopa ay sumama sa kaniya.

10:26
Pah 19:10;
22:8-9
10:28
Jua 4:9
10:30
Jua 20:12

Si Pedro sa Tahanan ni Cornelio

24Kinabukasan, sila ay dumating sa Cesarea. Ngunit
habang naghihintay si Cornelio sa kanila, tinipon niya ang
kaniyang mga kamag-anak at matalik na mga kaibigan. 25At
nangyari, na sa pagpasok ni Pedro, siya ay sinalubong ni
Cornelio at nagpatirapa sa kaniyang paanan at sinamba siya.
26Ngunit itinindig siya ni Pedro na sinasabi, “Tumayo ka, ako
ay tao rin naman.” 27At habang nagsasalita siya sa kaniya,
siya ay pumasok at nakita niyang marami ang nagkatipun-
tipon. 28Sinabi niya sa kanila, “Nauunawaan ninyo na hindi
ipinapahintulot sa lalaking Judio na makisama o lumapit sa
isang banyaga. Ngunit ipinakita sa akin ng Diyos na huwag
sabihing karaniwan o marumi ang sinumang tao. 29At dahil
dito, pumarito akong walang pagtutol nang ako ay ipinasundo
mo. Kaya tinatanong ko kung anong dahilan na ako ay
ipinasundo ninyo?”

30At sinabi ni Cornelio, “Apat na araw na ang nakalipas
hanggang sa oras na ito na ako ay nag-aayuno, at sa ikasiyam
na oras habang ako ay nananalangin sa loob ng aking bahay,
narito, isang lalaki ang tumindig sa harapan ko na may
maningning na damit. 31At sinabi niya, ‘Cornelio, dininig

ang iyong panalangin at ang iyong pamamahagi sa mga
nangangailangan ay inalala sa paningin ng Diyos. 32Kaya
magsugo ka sa Jopa at ipatawag mo si Simon na tinatawag na
Pedro. Siya ay nanunuluyan sa bahay ni Simon, na mangungulti
ng balat ng hayop, na nasa tabing dagat. Pagdating niya, siya ay
magsasalita sa iyo.' 33Dahil dito, kaagad kitang ipinasundo at
mabuti ang ginawa mong pagparito. Kaya ngayon, kaming lahat
ay naririto sa paningin ng Diyos upang pakinggan ang lahat ng
mga bagay na naiutos na sa iyo ng Diyos."

34Kaya ibinuka ni Pedro ang kaniyang bibig at sinabi,
"Totoong naunawaan ko na ang Diyos ay hindi nagtatangi
ng mga tao. 35Subalit sa bawat bansa, ang taong may takot
sa kaniya at gumagawa ng katuwiran ay katanggap-tanggap
sa kaniya. 36Ang salita na ipinadala ng Diyos sa mga anak
ni Israel, na naghahayag ng ebanghelyo ng kapayapaan
sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, siya ang Panginoon ng
lahat. 37Alam na ninyo na ang salitang iyon ay naganap sa
buong Judea, simula sa Galilea, pagkatapos ng bawtismong
ipinangaral ni Juan, 38kung paanong si Jesus na taga-Nazaret
ay pinahiran ng langis ng Diyos, ng Banal na Espiritu at ng
kapangyarihan. Siya ay naglibot na gumagawa ng mabuti at
nagpapagaling ng lahat ng mga pinahihirapan ng diyablo♦
sapagkat ang Diyos ay sumasakaniya. 39At kami ay mga saksi
sa lahat ng mga bagay na ginawa niya sa lupain ng mga Judio
at sa Jerusalem. Siya ay kanilang pinatay sa pamamagitan
ng pagbitin sa kahoy. 40Ang Diyos ang siyang nagbangon sa
kaniya sa ikatlong araw, at siya ay pinahintulutang mahayag,
41hindi sa lahat ng mga tao, kundi sa mga saksi na nahirang na
ng Diyos nang una, sa amin na mga kasalo niyang kumain at
uminom pagkatapos niyang bumangon mula sa mga patay. 42At
iniutos niya sa amin na mangaral sa mga tao at magpatotoo
na siya ang itinalaga ng Diyos na maging hukom ng mga
nabubuhay at ng mga patay. 43Siya ang pinapatotohanan ng
lahat ng mga propeta, na ang bawat sumasampalataya sa
kaniya ay magkakamit ng kapatawaran ng mga kasalanan sa
pamamagitan ng kaniyang pangalan."

44Habang sinasabi pa ni Pedro ang mga salitang ito, ang
Banal na Espiritu ay bumaba sa kanilang lahat na nakikinig ng
salita. 45At namangha ang lahat ng mga mananampalatayang
nasa pagtutuli, sinuman ang sumama kay Pedro, sapagkat
ibinuhos din sa mga Gentil ang kaloob ng Banal na Espiritu
46dahil ang mga ito ay narinig nilang nagsasalita ng mga wika
at nagpupuri sa Diyos.

Kaya si Pedro ay sumagot, 47"Sino ang makapagbabawal
sa tubig upang hindi mabawtismuhan ang sinuman sa mga ito

10:34 Mar 12:14; Rom 2:11; Gal 2:6; Efe 6:9; Col 3:25; San 2:1; 1Pe 1:17
10:36 Mat 28:18; Luc 2:14; 1Jn 1:5
10:38 Mat 4:23; Jua 3:2
10:39 Luc 24:48
10:41 Luc 24:43; Jua 14:17, 22; 21:13
10:42 Mat 28:19-20; Jua 5:22; Rom 14:9; 2Co 5:10; 2Ti 4:1; 1Pe 4:5
10:43 Luc 24:27; Jua 3:15
10:44 Luc 1:15
10:46 Mar 16:17
10:47 Jua 20:22

na tumanggap ng Banal na Espiritu katulad din natin?" 48At iniutos niya sa kanila na sila ay bawtismuhan sa pangalan ng Panginoon. Pagkatapos nito ay hiniling nila sa kaniya na siya ay manatili ng mga ilang araw.

Ang Paliwanag ni Pedro

11 At narinig ng mga apostol at ng mga kapatid na nasa Judea na ang mga Gentil ay tumanggap din ng salita ng Diyos. 2At nang umahon si Pedro sa Jerusalem, nakipagtalo sa kaniya ang mga nasa pagtutuli 3na sinasabi, "Nakisalamuha ka sa mga taong hindi tuli at kumain kang kasalo nila!"

4Ngunit maayos na isinalaysay ni Pedro sa kanila ang pangyayari mula sa simula na sinasabi, 5"Ako ay nasa lungsod ng Jopa na nananalangin at sa kalagayang parang nangangarap, ako ay nakakita ng pangitain ng isang sisidlang bumababa na kagaya ng malapad na kumot na may apat na sulok at ibinababa mula sa langit at umabot hanggang sa akin. 6Nang tinitigan ko iyon, pinagmasdan ko at nakita ko ang mga hayop sa lupa na may apat na paa, ang mababangis na hayop, ang mga hayop na gumagapang at ang mga ibon sa himpapawid. 7At narinig ko ang isang tinig na nagsasabi sa akin, 'Tumindig ka Pedro, kumatay ka at kumain ka.' 8Ngunit sinabi ko, 'Hindi maaari, Panginoon! Sapagkat kailanman ay walang anumang karaniwan o marumi ang pumasok sa aking bibig.' 9Subalit sumagot sa akin ng ikalawang ulit ang tinig mula sa langit, 'Yaong mga nilinis ng Diyos ay huwag mong ituring na marumi.' 10At ito ay nangyari ng tatlong ulit at muling hinatak ang lahat patungo sa langit. 11At narito, dumating kaagad sa bahay na tinutuluyan ko ang tatlong lalaki na isinugo sa akin mula sa Cesarea. 12At sinabi sa akin ng Espiritu na sumama ako sa kanila nang walang pag-aalinlangan. Gayunpaman, sumama rin sa akin itong anim na mga kapatid at pumasok kami sa bahay ng lalaking iyon. 13Isinalaysay rin niya sa amin kung paano niya nakita sa kaniyang bahay ang isang anghel na nakatayo at nagsasabi sa kaniya, 'Magsugo ka ng mga lalaki sa Jopa at ipasundo mo si Simon na tinatawag na Pedro. 14Siya ang magsasalaysay sa iyo ng mga salita, sa ikaliligtas mo at ng iyong buong sambahayan.' 15At nang ako ay nagsimulang magsalita, bumaba sa kanila ang Banal na Espiritu katulad din ng pagbaba niya sa atin noong simula. 16Kaya naalala ko ang salita ng Panginoon kung paano niya sinabi, 'Tunay na si Juan ay nagbawtismo sa tubig, ngunit kayo ay babawtismuhan sa Banal na Espiritu.' 17Yamang ibinigay nga ng Diyos sa kanila ang ganoon ding kaloob kagaya ng ibinigay niya sa atin na

11:1 Heb 4:12
11:3 Gal 2:12
11:12 Rom 3:22
11:14 Jua 4:53; 1Co 1:11,16
11:16 Mar 1:4,8

sumampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo, sino naman ako na
makakasalungat sa Diyos?"
18 Kaya nang narinig nila ang mga bagay na ito, tumahimik
sila at niluwalhati nila ang Diyos na sinasabi, "Kung gayon,
ibinigay rin ng Diyos sa mga Gentil ang pagsisisi patungo sa
buhay."

Ang Iglesiya sa Antioquia

19 Kaya nga, sila na mga nangalat dahil sa pagmamalupit na
nangyari kay Esteban, ay naglakbay hanggang sa Fenicia, sa
Cyprus at sa Antioquia na walang sinumang pinagsalaysayan
ng salita maliban sa mga Judio lamang. 20 Ngunit ang ilan sa
kanila ay mga lalaking nagmula sa Cyprus at sa Cerene. Nang
ang mga ito ay dumating sa Antioquia, sila ay nagsalita sa mga
Helenista* na ipinangangaral ang ebanghelyo ng Panginoong
Jesus. 21 At ang kamay ng Panginoon ay sumakanila at ang
malaking bilang ng mga sumasampalataya ay bumaling
patungo sa Panginoon.
22 At ang ulat patungkol sa kanila ay nakarating sa
pandinig ng iglesiya na nasa Jerusalem, kaya isinugo nila
si Bernabe upang pumunta hanggang sa Antioquia. 23 Nang
siya ay dumating at nakita niya ang biyaya ng Diyos, siya ay
nagalak at isinamo niya sa kanilang lahat na manatili sila sa
Panginoon ayon sa kapasyahan ng kanilang puso, 24 sapagkat
siya ay mabuting tao at puspos ng Banal na Espiritu at ng
pananampalataya. At ang lubhang napakaraming tao ay
naidagdag sa Panginoon.
25 Pagkatapos nito, si Bernabe ay pumunta sa Tarso upang
hanapin si Saulo. 26 At nang natagpuan niya si Saulo, siya ay
kaniyang dinala sa Antioquia. Nangyari, na sa buong isang
taon sila ay nagkatipong kasama ang iglesiya at nagturo sa
lubhang napakaraming tao. At sa Antioquia, ang mga alagad
ay unang tinawag na mga Cristiano.
27 Sa mga araw na ito ay may mga propetang bumaba
mula sa Jerusalem patungo sa Antioquia. 28 Tumindig nga
ang isa sa kanila na ang pangalan ay Agabo at ipinahayag
niya sa pamamagitan ng Espiritu na may magaganap na
malaking taggutom sa buong sanlibutan, na nangyari rin
sa kapanahunan ni Claudio Cesar♦. 29 Kaya ang mga alagad,
ayon sa kakayahan ng bawat isa, ay nagtakda ng mga bagay
upang ipadalang tulong sa mga kapatid na nakatira sa Judea.
30 Ginawa nila ito at ipinadala sa matatanda sa pamamagitan
ng kamay ni Bernabe at ni Saulo.

11:18 Rom 10:12-13; 2Co 7:10
11:19 Gal 2:11
11:20 Mat 27:32
11:21 Luc 1:66
11:24 Luc 1:15
11:26 1Pe 4:16
11:27 1Co 11:4; Efe 4:11
11:28 Mat 24:14
11:29 Rom 15:26; 2Co 8:1-4
11:30 1Ti 5:17; Tit 1:5; San 5:14; 1Pe 5:1; 2Jn 1:1

* **11:20** *Helenista*: Sila ay mga Judio na ang wika ay wikang Griyego.

Iniligtas si Pedro sa Bilangguan

12 Nang panahon ding iyon, dinakip ni Haring Herodes ang
ilan sa kanila na mula sa iglesiya upang pagmalupitan,
2at pinatay niya sa pamamagitan ng tabak si Santiago na
kapatid ni Juan. **3**At nang nakita niya na ikinatuwa ito ng mga
Judio, itinuloy rin niyang dakpin si Pedro. Noon ay ang mga
Araw ng Tinapay na walang Pampaalsa. **4**Nang nahuli rin niya
si Pedro, siya ay kaniyang ibinilanggo at ibinigay sa apat na
pangkat na may tig-aapat na kawal upang siya ay bantayan,
dahil binabalak niyang iharap siya sa mga tao pagkatapos ng
Araw ng Paglagpas♦.

5Kaya si Pedro ay ipinabantayan sa bilangguan, ngunit
nagkaroon ng maningas na panalangin sa Diyos ang iglesiya
alang-alang sa kaniya. **6**Nang malapit na siyang ilabas ni
Herodes, sa gabing iyon, si Pedro ay natutulog sa pagitan ng
dalawang kawal, iginapos sa dalawang tanikala at sa harap
ng pintuan ay may mga kawal na nagbabantay ng kulungan.
7At narito, ang isang anghel ng Panginoon ay tumayo sa tabi
niya at ang ilaw ay nagliwanag sa kulungan. At tinapik niya si
Pedro sa tagiliran at kaniyang ginising na sinasabi, "Bumangon
kang madali." At nalaglag ang mga tanikala mula sa kaniyang
mga kamay. **8**At sinabi sa kaniya ng anghel, "Magbihis ka at
isuot mo ang iyong mga panyapak." At gayon ang ginawa niya.
At sinabi ng anghel sa kaniya, "Isuot mo ang iyong balabal
at sumunod ka sa akin." **9**At siya ay lumabas at sumunod sa
anghel at hindi niya alam na totoo ang nangyayaring ito sa
pamamagitan ng anghel, gayunpaman, inakala niyang nakakita
siya ng pangitain. **10**Pagkalagpas nila sa una at ikalawang
kulungan, dumating sila sa tarangkahang bakal na patungo
sa lungsod at ito ay kusang nabuksan para sa kanila. At
pagkalabas nila, sila ay dumaan sa isang lansangan at kaagad
siyang iniwan ng anghel.

11Nang natauhan si Pedro ay kaniyang sinabi, "Ngayon ay
alam ko na totoong sinugo ng Panginoon ang kaniyang anghel
upang iligtas ako mula sa kamay ni Herodes at mula sa lahat ng
inaasam ng mga taong mga Judio."

12Nang napag-isipan niya ito, siya ay pumunta sa bahay
ni Maria, na ina ni Juan na tinatawag na Marcos, kung saan
marami ang nagkatipun-tipon at nananalangin. **13**Nang si
Pedro ay kumatok sa pinto ng tarangkahan, ang isang aliping
babae na ang pangalan ay Roda ay lumabas upang tumugon.
14Nang nakilala niya ang tinig ni Pedro, hindi niya binuksan
ang tarangkahan dahil sa tuwa. Sa halip, siya ay tumakbo sa
loob at kaniyang ipinagbigay-alam na nakatayo na si Pedro
sa harap ng tarangkahan. **15**Kaya sinabi nila sa kaniya, "Ikaw

12:1 Jua 15:20
12:2 Mat 4:21; Mar 10:39
12:4 Jua 11:55
12:5 Rom 15:30-31; Efe 6:18
12:11 Luc 15:17; 2Co 1:10; 2Pe 2:9
12:12 Col 4:10; 2Ti 4:11; Flm 1:24; 1Pe 5:13
12:13 Jua 18:16-17
12:14 Luc 24:41
12:15 Mat 18:10

ay nababaliw." Ngunit buong katiyakan niyang iginigiit na naroroon na nga si Pedro. Sa gayon, sinabi nila, "Iyon ay ang kaniyang anghel."

16 Subalit si Pedro ay nagpatuloy sa pagkatok at nang
sila ay nagbukas, siya ay nakita nila at sila ay namangha.
17 Ngunit hinudyatan niya sila sa pamamagitan ng kamay
upang tumahimik at isinalaysay niya sa kanila kung paano
siya inilabas ng Panginoon mula sa kulungan. At sinabi niya,
"Ipagbigay-alam ninyo ang mga bagay na ito kay Santiago at
sa mga kapatid." At pagkaalis niya, siya ay pumunta sa ibang
dako.

18 Kaya nang mag-umaga na, nagkaroon ng hindi maliit na
kaguluhan sa mga kawal kung ano nga ang nangyari kay Pedro.
19 Nang siya ay ipinahanap ni Herodes at hindi siya natagpuan,
kaniyang ipinasiyasat ang mga bantay at iniutos na sila ay
patayin.

At bumaba siya mula sa Judea patungo sa Cesarea at nanatili roon.

Namatay si Herodes

12:20 Mat 11:21
12:24 Heb 4:12
13:1 Mat 14:1; 27:32; Efe 4:11

20 Ngunit si Herodes ay galit na galit sa mga taga-Tiro at
sa mga taga-Sidon subalit sila ay nagkakaisang pumaroon
sa kaniya. Nang nahimok nila si Blasto na katiwala sa silid-
tulugan ng hari, humiling sila ng kapayapaan sapagkat ang
ipinapakain sa kanila ay mula sa lupain ng hari.

21 At sa araw na nakatakda, si Herodes ay nagbihis ng damit-
hari at umupo sa kaniyang luklukan at nagtalumpati sa kanila.
22 Kaya ang mga tao ay sumigaw, "Ito ay tinig ng isang diyos at
hindi ng isang tao!" 23 Kaagad nga siyang hinampas ng anghel
ng Panginoon dahil hindi niya ibinigay ang kaluwalhatian sa
Diyos. Siya ay kinain ng mga uod at namatay.

24 Subalit ang salita ng Diyos ay patuloy na lumago at
lumaganap.

25 At pagkatapos ganapin nina Bernabe at Saulo ang kanilang
paglilingkod, bumalik sila mula sa Jerusalem kasama si Juan na
tinatawag na Marcos.

Sinugo sina Bernabe at Saulo

13 Naroroon sa iglesiya na nasa Antioquia ang ilang mga
propeta at mga guro, katulad ni Bernabe, ni Simeon na
tinatawag na Negro, ni Lucio na taga-Cerene, ni Manaen na
kinakapatid ni Herodes na tetrarka♦ at ni Saulo. 2 At habang sila
ay naglilingkod sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na
Espiritu, "Ibukod nga ninyo sa akin si Bernabe at si Saulo para
sa gawain kung saan sila ay tinawag ko na." 3 Pagkatapos nilang

nag-ayuno, nanalangin at ipinatong ang kanilang mga kamay
kina Bernabe at Saulo, sila ay kanilang pinahayo. 4Pagkatapos
nga silang isugo ng Banal na Espiritu, sila ay lumusong sa
Seleucia, at mula roon ay naglayag sila patungo sa Cyprus. 5At
nang sila ay nasa Salamis, ipinangaral nila ang salita ng Diyos
sa mga sinagoga♦ ng mga Judio. Kasama rin nila si Juan bilang
tagapaglingkod.

6At nang nakadaan na sila sa buong pulo hanggang sa Pafos,
natagpuan nila ang isang salamangkero na bulaang propeta at
isang Judio na ang pangalan ay Bar-Jesus. 7Siya ay kasama ng
gobernador na si Sergio Paulo na isang lalaking matalino na
nagpatawag kay Bernabe at kay Saulo dahil hinangad niyang
mapakinggan ang salita ng Diyos. 8Subalit hinadlangan sila
ni Elimas* na salamangkero (sapagkat iyon ang kahulugan ng
kaniyang pangalan), sa pamamagitan ng pagsisikap na mailihis
ang gobernador mula sa pananampalataya. 9Ngunit si Saulo
na tinatawag ding Pablo, na puspos ng Banal na Espiritu at
nakatitig sa kaniya, 10ay nagsabi, "O, anak ng diyablo, na
puspos ng lahat ng pandaraya at ng lahat ng panlilinlang at
kaaway ng lahat ng katuwiran, hindi ka ba titigil sa paglihis sa
mga daang matuwid ng Panginoon? 11At ngayon, narito, ang
kamay ng Panginoon ay laban sa iyo at mabubulag ka. Hindi
mo makikita ang araw sa ilang panahon."

Kaagad na bumaba sa kaniya ang ulap at ang kadiliman. At
siya ay naglilibot na naghahanap ng aakay sa kaniya. 12Nang
magkagayon, nang nakita ng gobernador ang nangyari, siya ay
sumampalataya na namamangha sa katuruan ng Panginoon.

13:5 Heb 4:12
13:6 Mat 7:15
13:9 Luc 1:15
13:10 Mat 13:38; Jua 8:44

Sa Antioquia ng Pisidia

13Nang nakapaglayag si Pablo at ang kaniyang mga kasama
mula sa Pafos, sila ay umabot sa Perga ng Pamfilia, ngunit
iniwan sila ni Juan at siya ay bumalik sa Jerusalem. 14At
nang sila ay dumaan sa Perga, dumating sila sa Antioquia ng
Pisidia at sa pagpasok nila sa sinagoga sa araw ng Sabat, sila
ay umupo. 15Pagkatapos ng pagbasa ng aklat ng Kautusan at
ng mga aklat ng mga Propeta, ang mga pinuno sa sinagoga ay
nagsugo sa kanila, na sinabi, "Mga ginoo at mga kapatid, kung
mayroon kayong salita na makakapagpalakas ng loob sa mga
tao, magsalita kayo."

16Kaya tumayo si Pablo at naghudyat ng kamay at sinabi,
"Mga ginoong taga-Israel at kayong mga may takot sa Diyos,
makinig kayo. 17Ang Diyos ng bayang ito ng Israel ang pumili

* **13:8** *Elimas*: Pangalang mula sa salitang Arabo, na ang ibig sabihin ay pantas o dalubhasa. Ito ang dahilan kung bakit siya tinawag na salamangkero; tinatawag din siyang Bar-Jesus.

sa ating mga ninuno at pinarangalan niya ang bayan nang
sila ay nakipamayan bilang dayuhan sa lupain ng Egipto,
at sila ay kaniyang inilabas mula roon sa pamamagitan ng
matayog na bisig. 18 At sa loob ng halos apatnapung taon
ay pinagtiisan niya ang kanilang mga pag-uugali roon sa
ilang. 19 At nang mapabagsak niya ang pitong bansa sa
lupain ng Canaan, ipinamahagi niya ang lupain sa kanila
bilang pamana.

20 "At pagkatapos ng mga bagay na ito, siya ay nagbigay
ng mga hukom sa loob ng halos apatnaraan at limampung
taon hanggang kay Samuel na propeta. 21 At pagkatapos
ay humingi sila ng hari, at ibinigay ng Diyos sa kanila
sa loob ng apatnapung taon si Saulo na anak ni Kis na
lalaking mula sa angkan ni Benjamin. 22 At nang siya ay
inalis, itinindig ng Diyos para sa kanila si David upang
maging hari, na siya rin ang pinatotohanan niya na
sinabi, 'Natagpuan ko si David na anak ni Jesse, isang
lalaking ayon sa aking puso na siyang gagawa ng lahat
ng aking kalooban.' 23 Mula sa binhi ng taong ito, ayon sa
kaniyang pangako, itinindig ng Diyos sa Israel si Jesus na
Tagapagligtas. 24 Bago siya dumating ay nangaral muna
si Juan ng bawtismo ng pagsisisi sa lahat ng mga tao sa
Israel. 25 Ngunit habang ginaganap na ni Juan ang kaniyang
tungkulin, sinabi niya, 'Sino ba ako sa akala ninyo? Hindi
ako ang Cristo. Subalit narito, may isang dumarating
na kasunod ko na hindi ako karapat-dapat magkalag ng
panyapak ng kaniyang mga paa.'

26 "Mga ginoo at mga kapatid, mga anak ng lahi ni
Abraham at kayo na mga may takot sa Diyos, ang salita
ng kaligtasang ito ay ipinadala sa inyo, 27 sapagkat ang
mga naninirahan sa Jerusalem at ang kanilang mga pinuno
ang tumupad sa mga paghatol sa kaniya, dahil siya ay
hindi nila kinilala, at ang mga tinig ng mga propeta ayon
sa kanilang binabasa tuwing araw ng Sabat. 28 Bagaman
walang makitang anumang dahilan ng kaniyang
kamatayan, hiniling nila kay Pilato na siya ay patayin. 29 At
nang naganap nila ang lahat ng mga nakasulat patungkol
sa kaniya, pagkatapos siyang ibaba mula sa kahoy, siya
ay kanilang inilagay sa libingan. 30 Subalit ang Diyos ang
nagbangon sa kaniya mula sa mga patay. 31 Sa loob ng
maraming araw, siya ay nakita ng mga kasama niyang
umahon mula sa Galilea patungo sa Jerusalem. Sila ang
kaniyang mga saksi sa mga tao. 32 At kami ay nangaral sa
inyo ng ebanghelyo na pangakong ginawa para sa ating
mga ninuno 33 sapagkat ito ay tinupad ng Diyos sa atin na

13:23 Mat 1:1,21
13:24 Mar 1:4
13:25 Mat 3:11; Jua 1:20,27
13:26 Luc 3:8
13:27 Mat 1:22; Luc 24:27
13:28 Mat 27:20-25
13:29 Mat 1:22; Luc 18:31; 23:53
13:30 Mat 16:21
13:31 Mat 28:16; Luc 24:48
13:32 Rom 1:2; 9:4
13:33 Mat 3:17

kanilang mga anak nang muli niyang ibinangon si Jesus
ayon din sa nasusulat sa ikalawang Awit, 'Ikaw ang aking
Anak. Sa araw na ito ay ipinanganak kita.'

Awi 2:7

34 At patungkol sa pagbangon ng Diyos sa kaniya mula sa mga
patay, upang hindi na babalik sa pagkabulok, ay nagsalita siya
ng ganito, 'Ibibigay ko sa iyo ang mga tapat na kahabagan ni
David.'

Isa 55:3

35 Kaya sinabi rin niya sa ibang Awit, 'Hindi mo hahayaan na
ang iyong Banal ay makakita ng pagkabulok.'

Awi 16:10

36 "Sapagkat pagkatapos ngang paglingkuran ni David
ang kaniyang sariling lahi ayon sa kalooban ng Diyos, siya
ay namatay at inilibing sa piling ng kaniyang mga ninuno
at nakakita ng pagkabulok. **37** Subalit si Jesus na muling
ibinangon ng Diyos ay hindi nakakita ng pagkabulok. **38** Kaya
mga ginoo at mga kapatid, dapat ninyo itong alamin na sa
pamamagitan niya, ibinabalita sa inyo ang kapatawaran ng
mga kasalanan. **39** At sa pamamagitan niya, pinapawalang-sala
ang lahat ng sumasampalataya mula sa lahat ng mga bagay na
hindi kayo maaring mapawalang-sala ng Kautusan ni Moises.
40 Mag-ingat nga kayo, na huwag nawang mangyari sa inyo
ang mga inihayag na sa mga Propeta, **41** 'Narito, kayong mga
mapanghamak, mamangha kayo at maglaho sapagkat ang
gawaing aking ginagawa sa inyong mga araw ay isang gawaing
hinding-hindi ninyo mapapaniwalaan kahit na may taong
magsasalaysay sa inyo.' "

Hab 1:5

42 At pagkaalis nila mula sa sinagoga ng mga Judio, ang mga
Gentil ay nagsumamo na ipangaral sa kanila ang mga salitang
ito sa susunod na araw ng Sabat. **43** Ngunit nang makaalis
na ang mga nasa sinagoga, marami sa mga Judio at sa mga
matatapat na nagbago ng paniniwala ang sumunod kina Pablo
at Bernabe, na sa pakikipag-usap sa kanila ay humimok sa
kanila na manatili sa biyaya ng Diyos.

44 At sa sumunod na araw ng Sabat, halos ang buong lungsod
ay nagkatipon upang pakinggan ang salita ng Diyos. **45** Subalit
nang nakita ng mga Judio ang napakaraming tao, sila ay
napuspos ng inggit at nagsalita laban sa mga bagay na sinasabi
ni Pablo. Sila ay sumasalungat at lumalapastangan. **46** Ngunit si
Pablo at Bernabe ay buong tapang na nagsabi, "Kinakailangang
sa inyo muna sabihin ang salita ng Diyos, ngunit yamang
itinakwil ninyo ito at hinahatulan ninyo ang inyong mga sarili
na hindi karapat-dapat sa buhay na walang hanggan, narito,

13:35 Mat 9:24
13:38 Luc 24:47
13:39 Jua 3:15; Rom 3:28
13:43 Rom 3:24
13:45 1Te 2:16; 1Pe 4:4; Jud 1:10
13:46 Mat 21:41; Rom 11:11

kami ay bumabaling sa mga Gentil, 47sapagkat sa ganitong
paraan ay iniutos sa amin ng Panginoon, 'Itinalaga na kita
upang maging ilaw para sa kaligtasan ng mga Gentil hanggang
sa kadulu-duluhan ng daigdig.' "

Isa 49:6

48At nang narinig ito ng mga Gentil, sila ay nagalak at
niluwalhati ang salita ng Panginoon, at ang sinumang naitalaga
na sa buhay na walang hanggan ay sumampalataya.
49Kaya ang salita ng Panginoon ay lumalaganap sa
buong lupain. 50Subalit inudyukan ng mga Judio ang mga
nagsisisamba at kagalang-galang na mga babae at ang mga
pangunahing lalaki sa lungsod, at sila ay nagsimula ng
pagmamalupit laban kay Pablo at Bernabe at sila ay pinalayas
sa kanilang lupain. 51Kaya nang naipagpag nina Pablo at
Bernabe ang alikabok ng kanilang mga paa laban sa kanila,
sila ay pumunta sa Iconio. 52At ang mga alagad ay napuspos ng
kagalakan at ng Banal na Espiritu.

Sa Iconio

13:47 Luc 2:32
13:50 1Te 2:16
13:51 Mat 10:14
13:52 Luc 1:15
14:3 Jua 4:48
14:6 Mat 10:23
14:9 Mat 9:28

14 At nangyari sa Iconio, na sina Paulo at Bernabe ay
magkasamang pumasok sa sinagoga ng mga Judio at sa
gayong paraan ay nagsalita upang ang lubhang napakaraming
tao, kapwa sa mga Judio at sa mga Griyego, ay sumampalataya.
2Ngunit ginulo at pinasama ng mga Judiong hindi naniniwala
ang mga kaisipan ng mga Gentil laban sa mga kapatid. 3Kaya
sila nga ay nanatili roon ng mahabang panahon na buong
tapang na nangangaral patungkol sa Panginoon na siyang
nagpapatotoo sa salita ng kaniyang biyaya at nagpapahintulot
na maganap ang mga tanda at mga kamangha-manghang gawa
sa pamamagitan ng kanilang mga kamay.
4Ngunit ang napakaraming tao ng lungsod ay nahati at may
mga sumama nga sa mga Judio at may mga sumama sa mga
apostol. 5At nagkaroon ng marahas na pagtatangka ang mga
Gentil at ang mga Judio kasama ang kanilang mga pinuno,
upang sila ay gawan ng masama at batuhin. 6Nang ito ay
nalaman nila, sila ay lumikas patungong Listra at Derbe na mga
lungsod ng Licaonia at sa nakapalibot na lupain. 7At doon sila
ay patuloy na nangangaral ng ebanghelyo.

Sa Listra at Derbe

8Sa Listra ay may nakaupo na isang lalaking walang lakas
ang mga paa, na kailanman ay hindi nakalakad sapagkat siya
ay lumpo mula pa sa sinapupunan ng kaniyang ina. 9Naririnig
ng taong ito ang pagsasalita ni Pablo na nakatitig sa kaniya
at nakita siyang nagtataglay ng pananampalataya upang

gumaling, 10sa pamamagitan ng malakas na tinig ay sinabi
sa kaniya, "Tumayo kang matuwid sa iyong mga paa!" At
siya ay naglulululukso at naglakad-lakad. 11At nang nakita ng
napakaraming tao ang ginawa ni Pablo, sila ay sumigaw na
sinasabi sa wikang Licaonia, "Ang mga diyos ay bumaba sa
atin sa anyo ng mga tao." 12Si Bernabe ay tinawag nilang Zeus
at si Pablo ay Hermes dahil siya ang kinikilalang tagapagsalita.
13Kaya ang saserdote ni Zeus na nasa harap ng kanilang
lungsod ay nagdala ng mga toro at mga putong na bulaklak sa
mga tarangkahan, na nagnanais na maghandog ng hain kasama
ang napakaraming tao.

14Nang narinig ito ng mga apostol, na sina Pablo at
Bernabe, pinunit nila ang kanilang mga damit at tumakbo sila
na sumisigaw sa gitna ng napakaraming tao, 15at kanilang
sinasabi, "Mga ginoo, bakit ninyo ginawa ang mga bagay na
ito? Kami rin ay mga taong may damdamin katulad ninyo.
Ang ebanghelyo ay ipinapahayag namin sa inyo upang mula
sa walang kabuluhang mga bagay na ito ay manumbalik kayo
sa Diyos na buhay na siyang gumawa ng langit at ng lupa
at ng dagat at ng lahat ng mga bagay na naroroon. 16Sa mga
salinlahing nakaraan na, siya ang nagpahintulot sa lahat ng
mga bansa na lumakad sa kanilang mga landas. 17Gayunpaman,
hindi niya hinayaang mawalan ng patotoo ang kaniyang sarili
sapagkat gumawa siya ng mabuti at nagbigay sa atin ng ulan
mula sa langit at ng mga panahong masagana, na binubusog
ang ating mga puso ng pagkain at ng kagalakan." 18Sa mga
pananalitang ito ay bahagya nilang napigil ang napakaraming
tao upang hindi sila maghandog ng hain sa kanila.

19Ngunit dumating mula sa Antioquia at Iconio ang mga
Judio na humimok sa napakaraming tao. At pagkatapos nilang
batuhin si Pablo, siya ay kanilang kinaladkad palabas ng
lungsod sapagkat inakala nilang siya ay patay na. 20Ngunit
habang nakapaligid sa kaniya ang mga alagad, siya ay tumindig
at pumasok sa lungsod. Kinabukasan, siya ay pumunta sa
Derbe kasama si Bernabe.

Bumalik si Pablo at Bernabe sa Antioquia

21Nang naipangaral nila ang ebanghelyo sa lungsod na
iyon at nakapagturo sa maraming alagad, bumalik sila sa
Listra, sa Iconio at sa Antioquia, 22na pinapatatag ang mga
kaluluwa ng mga alagad at isinasamo na sila ay manatili sa
pananampalataya at "kahit sa pamamagitan ng maraming
kapighatian, kinakailangan tayong pumasok sa paghahari ng
Diyos." 23Nang sila ay nakapagtalaga ng matatanda sa bawat
iglesiya at nakapanalanging may pag-aayuno, sila ay kanilang

14:14 Mar 14:63
14:15 Mat 16:16; 1Te 1:9; Pah 14:7
14:17 Rom 1:20
14:19 2Co 11:25; 2Ti 3:11
14:22 Jua 16:33; 1Te 3:3; 2Ti 3:12

ipinagtagubilin sa Panginoon na sinampalatayanan nila. 24At pagkadaan nila sa Pisidia, sila ay pumunta sa Pamfilia. 25At nang naipahayag nila ang salita sa Perga, lumusong sila sa Atalia. 26At mula roon ay naglayag sila patungo sa Antioquia, kung saan sila ay ipinagkatiwala na sa biyaya ng Diyos sa gawaing natupad nila.

27Nang dumating sila at natipon ang iglesiya, isinalaysay nila ang lahat na ginawa ng Diyos sa kanila at kung paanong binuksan ng Diyos sa mga Gentil ang pintuan ng pananampalataya. 28Kaya sila ay nanatili roon nang mahabang panahon kasama ang mga alagad.

Ang Pulong sa Jerusalem

15 At lumusong mula sa Judea ang ilang mga kalalakihan at tinuruan nila ang mga kapatid, na sinasabi, "Maliban na kayo ay makapagpatuli ayon sa kaugalian ni Moises, hindi kayo maaaring maligtas." 2Kaya, nang nagkaroon ng kaguluhan at ng hindi kakaunting pakikipagtatalo sina Pablo at Bernabe laban sa kanila, kanilang itinalaga sina Pablo at Bernabe at ang iba pang mula sa kanila upang papuntahin sa mga apostol at sa matatanda sa Jerusalem patungkol sa katanungang ito.

14:27 1Co 16:9; 2Co 2:12; Col 4:3; Pah 3:8
15:1 Gal 2:12; 5:2-3
15:5 Mat 3:7
15:8 Pah 2:23
15:10 Mat 23:4; Gal 5:1

3Kaya nga, nang sila ay napahayo ng iglesiya, sila ay dumaan sa Fenicia at Samaria, isinasalaysay nila ang pagbabagong loob ng mga Gentil at sila ay nagdulot ng malaking kagalakan sa lahat ng kapatid. 4At nang sila ay dumating sa Jerusalem, sila ay tinanggap ng iglesiya, ng mga apostol at ng matatanda, at ibinalita nila ang lahat ng mga bagay na ginawa ng Diyos sa kanila. 5Ngunit ang ilang mula sa pangkat ng Fariseo na mga nanampalataya na ay tumindig na nagsasabi, "Kinakailangang sila ay tuliin at utusan na kanilang ganapin ang Kautusan ni Moises."

6At nagtipon ang mga apostol at ang matatanda upang alamin ang bagay na ito. 7Ngunit pagkatapos ng labis na pagtatalo, tumindig si Pedro at sinabi sa kanila, "Mga ginoo at mga kapatid, nalalaman ninyo na nang unang mga araw, mula sa atin ay humirang ang Diyos, na sa pamamagitan ng aking bibig ay mapakinggan ng mga Gentil ang salita ng ebanghelyo at upang sila ay sumampalataya. 8At ang Diyos na nakakaalam ng puso ay nagpatotoo sa kanila sa pamamagitan ng pagbigay sa kanila ng Banal na Espiritu, kagaya rin ng ginawa niya sa atin, 9at walang anumang pagkakaiba sa pagitan natin at sa kanila na sa pamamagitan ng pananampalataya ay nilinis ang kanilang mga puso. 10Kaya ngayon, bakit ninyo sinusubok ang Diyos sa paglagay ng pamatok sa leeg ng mga alagad na kahit ang ating mga ninuno, ni tayo man ay walang kakayahang

magdala? 11Ngunit sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong
Jesu-Cristo tayo ay sumasampalataya upang maligtas, gaya rin
naman nila."
12Kaya tumahimik ang lahat ng napakaraming tao at
kanilang pinakikinggan sina Bernabe at Pablo sa pagsasalaysay
ng lahat ng mga tanda at ng mga kamangha-manghang gawa
na ginawa ng Diyos sa mga Gentil sa pamamagitan nila. 13At
pagkatapos nilang manahimik, sumagot si Santiago na sinasabi,
"Mga ginoo at mga kapatid, pakinggan ninyo ako. 14Inihayag ni
Simon kung paanong unang dumalaw ang Diyos upang pumili
mula sa mga Gentil ng mga tao para sa kaniyang pangalan,
15at ang mga salita ng mga Propeta ay naaayon dito, ayon sa
nasusulat, 16'Pagkatapos ng mga ito, ako ay babalik at itatayo
kong muli ang tabernakulo ni David na bumagsak at nawasak
na. Ito ay itatayo kong muli at aayusin, 17upang hanapin ng mga
nalalabing mga tao ang Panginoon, at ng lahat ng mga Gentil,
na tinawag sa aking pangalan, sinasabi ng Panginoon na siyang
gumagawa ng lahat ng mga bagay. 18Alam ng Diyos ang lahat
ng kaniyang mga gawa mula sa walang hanggan.'
Amo 9:11-12
19"Dahil dito, ang aking pasya ay huwag nang gambalain
yaong mga nagmula sa mga Gentil na bumabaling patungo sa
Diyos, 20sa halip ay sulatan natin sila na lumayo mula sa mga
karumihan ng mga diyos-diyosan, sa pakikiapid, sa bagay na
binigti at sa dugo, 21sapagkat si Moises, mula pa noong unang
panahon, ay mayroong mga nangangaral patungkol sa kaniya,
na binabasa sa mga sinagoga bawat araw ng Sabat."

Ang Sulat sa Iglesiya ng mga Gentil

22Nang magkagayon, minabuti ng mga apostol at ng
matatanda, kasama ang buong iglesiya na pumili ng mga
lalaking mula sa kanila upang suguin sa Antioquia na kasama
nina Pablo at Bernabe. Sila ay si Judas na tinatawag na
Barsabas at si Silas na mga tagapanguna sa mga kapatid. 23Sila
ay sumulat sa pamamagitan ng kanilang kamay ng ganito: "Ang
mga apostol, ang matatanda, at ang mga kapatid ay bumabati
sa inyo na mga kapatid na mga Gentil na nasa sa Antioquia, sa
Siria at sa Cilicia. 24Dahil narinig namin na ang ilan sa mga
umalis mula sa amin ay ginugulo kayo sa pamamagitan ng
mga salita upang sirain ang inyong mga kaluluwa, na sinasabi,
'Kinakailangan kayong magpatuli at ganapin ang kautusan,'
na hindi naman namin ipinag-utos. 25Kaya minabuti naming
magtipon nang may pagkakaisa upang suguin sa inyo ang mga
lalaking pinili, kasama ng aming minamahal na Bernabe at
Pablo, 26mga lalaking nagsuko ng kanilang buhay alang-alang

15:11
Rom 3:24;
Gal 2:16;
Efe 2:5-8
15:12
Jua 4:48
15:13
1Co 15:7;
Gal 1:19
15:14
2Pe 1:1
15:20
1Co
8:7-13;
10:7-8;
Pah
2:14,20
15:21
2Co
3:14-15
15:22
2Co 1:19;
1Te 1:1;
1Pe 5:12
15:23
Luc 2:2;
San 1:1
15:24
Gal 1:7;
5:10
15:26
1Co 15:30

sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. 27Dahil dito,
isinugo na namin sina Judas at Silas at sila yaong nagbabalita
sa inyo ng gayunding mga bagay sa pamamagitan ng salita.
28Sapagkat minabuti ng Banal na Espiritu, at namin, na huwag
kayong dagdagan ng lalong mabigat na pasanin maliban sa
mga bagay na ito na kinakailangan: 29na lumayo kayo sa
mga bagay na inihandog sa mga diyos-diyosan, sa dugo, sa
bagay na binigti at sa pakikiapid. Kung iiingatan ninyo ang
inyong mga sarili sa mga bagay na ito, makakabuti ito sa inyo.
Magpakatatag kayo."

30Kaya nga nang sila ay nakaalis, sila ay pumunta sa
Antioquia at nang natipon nila ang napakaraming tao, kanilang
ibinigay ang sulat. 31At pagkatapos nilang basahin ito, sila ay
nagalak dahil sa kaginhawaan. 32Si Judas at si Silas, bilang
mga propeta rin, ang nagpalakas ng loob at nagpatatag sa mga
kapatid sa pamamagitan ng maraming salita. 33At nang sila ay
nakagugol ng ilang panahon doon, sila ay may kapayapaang
pinahayo ng mga kapatid pabalik sa mga apostol.

15:33 Mar 5:34; Luc 7:50; 1Co 16:11
15:41 Luc 2:2
16:1 1Co 4:17; 2Co 1:1, 19; Flp 1:1; 2:19; 1Te 3:2,6; 1Ti 1:2,18; 2Ti 1:2,5-6
16:3 Gal 2:3

34Ngunit minabuti ni Silas na manatili roon 35at sina Pablo
at Bernabe naman kasama ang marami pang iba ay nanatili
sa Antioquia na itinuturo at ipinapangaral ang salita ng
Panginoon.

Hindi Nagkasundo sina Pablo at Bernabe

36Pagkaraan ng ilang araw, sinabi ni Pablo kay Bernabe,
"Sa ating pagbabalik ay dapat nating dalawin ang ating mga
kapatid sa bawat lungsod kung saan natin ipinangaral ang salita
ng Panginoon at alamin kung ano ang kanilang kalalagayan."
37At ipinasiya ni Bernabe na isama nila si Juan, na tinatawag na
Marcos. 38Subalit minarapat ni Pablo na hindi isama ang taong
humiwalay sa kanila sa Pamfilia at hindi sumama sa kanila
sa gawain. 39At nagkaroon sila ng matinding pagtatalo na
nagpahiwalay sa kanila sa isa't isa. Kaya isinama ni Bernabe si
Marcos at naglayag patungo sa Cyprus. 40Ngunit pinili ni Pablo
si Silas, at sila ay umalis na ipinagtagubilin ng mga kapatid sa
biyaya ng Diyos. 41At siya ay patuloy na naglakbay sa Siria at
Cilicia na pinapatatag ang mga iglesiya.

Sumama si Timoteo kina Pablo at Silas

16 Siya ay dumating sa Derbe at sa Listra, at narito,
naroroon ang isang alagad na ang pangalan ay Timoteo,
na anak ng isang babaing Judio na mananampalataya, ngunit
ang kaniyang ama ay isang Griyego. 2Siya ay kinikilala ng mga
kapatid sa Listra at Iconio na may mabuting patotoo. 3Ninais
ni Pablo na siya ay sumama sa kaniya, kaya siya ay kinuha

at tinuli niya dahil sa mga Judio na naroroon sa mga dakong iyon sapagkat alam ng lahat na ang kaniyang ama ay isang Griyego. 4At sa paglalakbay nila sa mga lungsod, ang mga batas na napagpasyahan ng mga apostol at ng matatanda sa Jerusalem ay ibinigay nila sa kanila upang sundin. 5Kaya nga, ang mga iglesiya ay patuloy na tumitibay sa pananampalataya at nadadagdagan ang bilang sa araw-araw.

Ang Tawag ng Taga-Macedonia

6At sa kanilang pagdaan sa Frigia at sa lalawigan ng Galacia, sila ay pinagbawalan ng Banal na Espiritu na mangaral ng salita sa lalawigan ng Asya. 7Nang sila ay dumating sa Misia, pinagsikapan nilang magtungo sa Bitinia, ngunit sila ay hindi pinahintulutan ng Banal na Espiritu. 8Ngunit nang sila ay dumaan sa Misia, sila ay bumaba patungo sa Troas. 9At isang pangitain sa gabi ang nakita ni Pablo. May isang lalaking taga-Macedonia ang nakatayong nagsusumamo sa kaniya at nagsasabi, "Tumawid ka patungong Macedonia at tulungan mo kami." 10At pagkatapos niyang makita ang pangitain, kaagad naming sinikap na magtungo sa Macedonia dahil nakatitiyak kami na ang Panginoon ang tumawag upang ipangaral ang ebanghelyo sa kanila.

Ang Pagsampalataya ni Lydia sa Filipos

11Kaya nang nakapaglayag kami mula sa Troas, kami ay tuwirang naglayag sa Samotracia at sa Neapolis nang sumunod na araw. 12At mula roon ay naglayag kami patungo sa Filipos, na siyang pangunahing lungsod na bahagi ng Macedonia, na sakop ng Roma. At kami ay nanatili ng ilang araw sa lungsod na iyon. 13At sa araw ng Sabat, kami ay pumunta sa labas ng lungsod sa tabi ng ilog kung saan ang pananalangin ay kinaugaliang gawin. At habang kami ay nakaupo, kami ay nakipag-usap sa mga babaing nagtipun-tipon doon. 14At may isang babae roon na ang pangalan ay Lydia, isang mangangalakal ng telang kulay ube mula sa lungsod ng Tiyatira, na sumasamba sa Diyos, ang nakikinig sa amin. Ang Panginoon ang nagbukas ng kaniyang puso upang pakinggan ang mga bagay na sinasabi ni Pablo. 15At nang siya at ang kaniyang sambahayan ay nabawtismuhan, nagsumamo siya sa amin na sinasabi, "Kung ibinilang na ninyo akong matapat sa Panginoon, tumuloy kayo sa aking bahay at kayo ay manatili roon." At siya ay nakiusap sa amin.

Si Pablo at Silas sa Bilangguan

16At nangyari na habang kami ay patungo sa

16:6 Gal 1:2
16:7 Rom 8:9; Gal 4:6; Flp 1:19; 1Pe 1:11
16:8 2Co 2:12; 2Ti 4:13
16:9 Rom 15:26; 1Co 16:5; 1Te 1:7-8
16:12 Flp 1:1; 1Te 2:2
16:14 Luc 24:45; Pah 1:11; 2:18,24

pook-dalanginan, sinalubong kami ng isang aliping babae na
inaalihan ng espiritu ng panghuhula. Siya ay nagdadala ng
malaking kita sa kaniyang mga panginoon sa pamamagitan
ng panghuhula. 17Siya ay sumunod kay Pablo at sa amin, at
sumisigaw na sinasabi, "Ang mga lalaking ito ay mga alipin ng
Kataas-taasang Diyos. Sila ang nangangaral sa atin sa daan ng
kaligtasan." 18At ginagawa niya ito sa loob ng maraming araw.

Ngunit si Pablo ay nabagabag at siya ay lumingon, at sinabi
niya sa espiritu, "Inuutusan kita, sa pangalan ni Jesu-Cristo,
lumabas ka sa kaniya." At ito ay lumabas sa oras ding iyon.
19Ngunit nang nakita ng kaniyang mga panginoon na wala na
ang inaasahan nilang pagkakakitaan, dinakip nila sina Pablo
at Silas at kinaladkad sila patungo sa pamilihan, sa harapan ng
mga pinuno.

20Nang naiharap na sila sa mga kapitan, sinabi nila, "Ang
mga lalaking ito na mga Judio ay lubos na nanggugulo sa
ating lungsod, 21at sila ay nangangaral ng mga kaugaliang
hindi sa atin ipinapahintulot na tanggapin ni gawin bilang
mga mamamayan ng Roma." 22Kaya ang napakaraming tao
ay sama-samang tumindig laban sa kanila at pinunit ng mga
kapitan ang mga damit nila at iniutos na sila ay paluin ng mga
pamalong kahoy. 23Pagkatapos silang paluin ng marami, sila ay
dinala sa kulungan at ipinagtagubilin sa bantay ng bilangguan
na sila ay ingatang mabuti. 24Nang natanggap na nito ang
gayong utos, sila ay kaniyang itinulak sa kaloob-looban ng
bilangguan at piniit ang kanilang mga paa sa mga pangaw♦.

25At sa hatinggabi, sina Pablo at Silas ay nananalangin at
umaawit ng mga himno para sa Diyos at ang mga bilanggo
ay nakikinig sa kanila. 26At biglang nagkaroon ng malakas
na lindol, kung kaya nayanig ang mga saligan ng bilangguan,
at ang lahat ng mga pinto ay kaagad nabuksan, at ang mga
gapos ng lahat ay nakalas. 27At nang nagising ang bantay ng
bilangguan mula sa pagkakatulog at nakita niyang bukas na
ang mga pinto ng kulungan, binunot niya ang kaniyang tabak at
tinangkang patayin ang sarili sa pag-aakalang nakatakas na ang
mga bilanggo. 28Ngunit si Pablo ay sumigaw nang may malakas
na tinig na sinasabi, "Huwag mong gawan ng masama ang
iyong sarili sapagkat naririto kaming lahat."

29Kaya humingi siya ng mga ilaw, at siya ay nagmadaling
pumasok at nanginginig na nagpatirapa sa harapan nina Pablo
at Silas. 30At pagkatapos niya silang dalhin sa labas, sinabi
niya, "Mga ginoo, ano ang kinakailangan kong gawin upang
ako ay maligtas?"

31Kaya sinabi nila, "Sumampalataya ka sa Panginoong
Jesu-Cristo at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan."

16:17 Mar 5:7
16:18 Mar 16:17
16:19 San 2:6
16:22 2Co 11:25; 1Te 2:2
16:25 Efe 5:19
16:31 Jua 3:15; Rom 11:14

32 At ipinangaral nila sa kaniya ang salita ng Panginoon at sa
kanilang lahat na nasa kaniyang bahay. 33 At sa oras din ng
gabing iyon, sila ay kaniyang kinuha at hinugasan niya ang
kanilang mga sugat. At siya ay kaagad na binawtismuhan
gayundin ang kaniyang buong sambahayan. 34 Pagkatapos, sila
ay kaniyang isinama sa kaniyang bahay, sila ay hinainan niya
ng pagkain. At siya ay nagalak kasama ang kaniyang buong
sambahayan na sumampalataya na sa Diyos.

35 Nang sumapit na ang araw, ang mga kapitan ay nagsugo ng
mga sarhento na sinasabi, "Palayain niyo ang mga taong iyon."

36 Ibinalita ng bantay ng bilangguan kay Pablo ang mga
salitang ito, "Nagsugo ang mga kapitan upang kayo ay
palayain. Kaya ngayon, lumabas kayo at humayo kayong may
kapayapaan."

37 Ngunit sinabi ni Pablo sa kanila, "Hinagupit nila
kami nang hayagan na hindi nahatulan at itinapon kami sa
bilangguan kahit kami ay mga mamamayan ng Roma, at
ngayon ay palihim nila kaming pinapalabas? Hindi maaari!
Kinakailangang sila mismo ang pumarito at hayaang sila ang
magpalaya sa amin."

38 At isinalaysay ng mga sarhento ang mga salitang ito sa
mga kapitan at sila ay natakot nang kanilang narinig na sila ay
mga mamamayan ng Roma. 39 Kaya nang sila ay dumating, sila
ay nagsumamo sa kanila. At nang sila ay kanilang mailabas,
kanilang hinihiling na sila ay umalis sa lungsod. 40 At sila
ay nakalabas mula sa kulungan at nagtungo kina Lydia. At
nang nakita nila ang mga kapatid, pinatibay nila ang kanilang
kalooban at sila ay umalis.

16:39 Mat 8:34; Luc 8:37
17:1 Flp 4:16; 1Te 1:1; 2Te 1:1; 2Ti 4:10
17:3 Luc 24:26,46
17:5 Rom 16:21; 1Te 2:16

Sa Tesalonica

17 At nang sila ay nakadaan sa Amfipolis at Apolonia,
dumating sila sa Tesalonica kung saan ay may sinagoga
ng mga Judio. 2 At si Pablo ay pumasok doon ayon sa kaniyang
kinaugalian at sa loob ng tatlong araw ng Sabat, siya ay
nakipagpaliwanagan sa kanila mula sa mga Kasulatan♦ 3 na
kaniyang binubuksan at ipinapaliwanag, na kinakailangang ang
Cristo ay magbata ng hirap at muling mabuhay mula sa mga
patay, at "Ito ang Cristo, ang Jesus na ipinapangaral ko sa inyo."
4 At ang ilan sa kanila ay nahikayat at sumama kay Pablo at
kay Silas, at ang napakaraming mga Griyego na palasamba sa
Diyos, at hindi kaunti ang sa mga pangunahing babae.

5 Ngunit dahil sa inggit, ang mga Judio na hindi
sumampalataya ay nagsama ng ilang masasamang tao mula
sa pamilihan. At nang sila ay nakapagtipon, ginulo nila ang
lungsod at nilusob ang bahay ni Jason. Hinanap nila sina Pablo

at Silas upang maiharap sa mga tao. 6Subalit dahil sila ay hindi
natagpuan, kinaladkad nila si Jason at ang ilang kapatid sa
harap ng mga opisyal ng lungsod na ipinagsisigawan, "Ang
mga taong nanggugulo sa sanlibutan ay pumunta rin sa dakong
ito 7at tinanggap ni Jason. At lahat ng mga ito ay gumagawa
ng laban sa mga utos ni Cesar♦ na sinasabing may ibang hari,
si Jesus." 8At ang napakaraming tao at ang mga pinuno ng
lungsod na nakikinig sa mga bagay na ito ay kanilang ginulo.
9Nang natanggap na nila ang sapat na salapi mula kay Jason at
sa iba, sila ay pinalaya nila.

Sa Berea

10Kaya kinagabihan ay pinaalis kaagad ng mga kapatid sina
Pablo at Silas papuntang Berea. Pagdating nila roon, sila ay
pumasok sa sinagoga ng mga Judio. 11Ang mga taga-Berea
ay higit na mararangal kaysa sa mga taga-Tesalonica yamang
tinanggap nila ang salita ng buong sigasig at sinaliksik ang
mga Kasulatan araw-araw kung gayon nga ang mga bagay na
ito. 12Kaya nga marami sa kanila ang sumampalataya maging
sa mga kagalang-galang na mga babaing Griyego at sa mga
lalaki na hindi kaunti. 13Ngunit nang nalaman ng mga Judiong
taga-Tesalonica na ang salita ng Diyos ay naipangaral din ni
Pablo sa Berea, sila ay pumunta rin doon upang guluhin ang
napakaraming tao. 14Kaya pinaalis kaagad ng mga kapatid si
Pablo na parang patungo sa dagat, subalit sina Silas at Timoteo
ay nagpaiwan pa roon. 15At ang mga sumama kay Pablo ang
naghatid sa kaniya hanggang sa Atenas. At nang natanggap nila
ang bilin para kina Silas at Timoteo na sila ay makakapunta
kaagad sa kaniya, sila ay umalis.

17:6 Mat 24:14
17:7 Luc 23:2; Jua 19:12
17:11 Luc 16:29; Jua 5:39
17:13 Heb 4:12
17:15 1Te 3:1

Sa Atenas

16Subalit habang hinihintay ni Pablo sina Silas at Timoteo
sa Atenas, siya ay nababagabag sa kaniyang espiritu dahil
sa nakikita niya ang lungsod na punung-puno ng mga diyos-
diyosan. 17Kaya nga, siya ay nakipagpaliwanagan sa mga
Judio sa sinagoga at sa mga sumasamba sa Diyos, gayundin
sa sinumang nakakatagpo niya sa pamilihan araw-araw. 18At
ang ilan sa mga pilosopong Epicureo* at mga Estoico† ay
nakipagtalo sa kaniya. At ang ilan ay nagsasabi, "Ano ang ibig
sabihin ng matabil na ito?"

* **17:18** *Epicureo*: Sila ang mga taong hindi naniniwala na may Diyos na lumalang at namamahala sa buong sandaigdigan. Hindi sila naniniwala sa muling pagkabuhay.
† **17:18** *Estoico*: Sila ang mga taong naniniwala na may Diyos na lumalang subalit hindi ang Diyos ang namamahala ng kabutihan para sa tao kundi ito ay naaayon sa kapalaran. Hindi sila naniniwala sa muling pagkabuhay.

Ngunit ang iba ay nagsabi, “Para siyang tagapangaral ng mga
kakaibang diyos” sapagkat ipinangangaral niya sa kanila ang
ebanghelyo ni Jesus at ang muling pagkabuhay.
19 At sila na kumuha at nagdala sa kaniya sa Burol ng
Areo* ay nagsasabi, “Maaari ba naming malaman kung ano
itong bagong katuruan na sinasabi mo? **20** Sapagkat ikaw ay
nagdadala ng kakaibang mga bagay sa aming mga pandinig
kaya ninanais naming malaman kung ano ang kahulugan ng
mga bagay na ito.” **21** Ang lahat na mga taga-Atenas at ang mga
nakikipamayan doon ay walang ibang pinaggugugulan ng
panahon kundi ang pagsasalaysay o ang pakikinig ng bagong
mga bagay.
22 Kaya si Pablo ay tumayo sa gitna ng Burol ng Areo at
kaniyang sinabi, “Mga ginoo, mga taga-Atenas, nakikita
ko na kayo ay lubhang mapaniwala sa mga diyos sa lahat
ng mga bagay **23** sapagkat habang ako ay dumadaan at
pinagmamasdan ko ang mga bagay na inyong sinasamba,
nakita ko rin ang isang dambana♦ kung saan ay nakasulat,
SA HINDI NAKIKILALANG DIYOS. Kaya siya nga na
inyong sinasamba bagaman siya ay hindi ninyo kilala, siya
ang aking ipinangangaral sa inyo. **24** Ang Diyos na lumikha ng
sanlibutan at ng lahat ng mga naroroon ay hindi nananahan
sa mga banal na dako na ginawa sa pamamagitan ng mga
kamay, yamang siya ang Panginoon ng langit at ng lupa, **25** ni
pinaglilingkuran sa pamamagitan ng mga kamay ng mga tao,
na siya ay parang nangangailangan ng anumang bagay, dahil
siya ang nagbibigay sa lahat ng buhay, ng hininga at ng lahat
ng mga bagay. **26** Ginawa niya mula sa isang dugo ang lahat ng
bansa ng mga tao upang manahan sa ibabaw ng buong lupa
na kaniyang tinukoy at itinakda nang una pang kapanahunan
at ang mga hangganan ng kanilang pananahanan **27** upang
hanapin nila ang Panginoon at kanilang masumpungan kung
sakaling siya ay hanapin nila. Bagaman siya ay hindi malayo
sa bawat isa sa atin **28** sapagkat sa pamamagitan niya tayo ay
nabubuhay, nakakakilos, at mayroong pagkatao. Gaya rin ng
sinabi na ng ilan sa inyong mga makata, ‘Dahil tayo rin naman
ay kaniyang mga anak.’ **29** Dahil dito, yamang tayo ay kabilang
sa angkan ng Diyos, hindi natin marapat isipin na ang pagka-
Diyos ay katulad sa ginto, sa pilak, o sa bato na inukit ng
sining at ng kathang-isip ng tao. **30** Kaya nga, ang mga panahon
ng kamangmangan na hindi pinansin ng Diyos, ngayon, ay
ipinag-uutos niya na ang lahat ng mga tao saanmang dako ay

17:19 Mar 1:27
17:23 Jua 4:22
17:24 Mat 11:25
17:29 Rom 1:23
17:30 Luc 24:47; Rom 3:25; Tit 2:11-12; 1Pe 1:14

* **17:19** *burol ng Areo*: Mabato at mataas na lugar sa Atenas kung saan ang mga pinuno ay nagtitipon upang pag-usapan ang mga usapin patungkol sa batas at sa relihiyon.

magsisi 31sapagkat siya ay nagtakda ng araw kung kailan niya
hahatulan ang sanlibutan ayon sa katuwiran sa pamamagitan ng
lalaki na kaniyang itinalaga at sa pamamagitan ng pagbuhay sa
kaniya mula sa mga patay, nagbigay siya ng katiyakan sa lahat."
32Nang narinig nila ang patungkol sa muling pagkabuhay
ng mga patay, ang ilan nga ay nangutya at ang iba ay nagsabi,
"Pakikinggan ka naming muli patungkol dito." 33At pagkatapos
nito, si Pablo ay umalis mula sa kanilang kalagitnaan. 34Ngunit
ang ilang kalalakihan na sumama sa kaniya ay sumampalataya
at ang isa sa kanila ay si Dionisio na nakatira sa Burol ng Areo,
at isang babae na ang pangalan ay Damaris at ang iba pang
kasama nila.

Sa Corinto

18 At pagkatapos ng mga bagay na ito, nang si Pablo ay
umalis mula sa Atenas, siya ay pumunta sa Corinto. 2At
natagpuan doon ni Pablo ang isang Judio na ang pangalan ay
Aquila, isang lalaking ipinanganak sa Ponto, na kagagaling
pa lamang mula sa Italia kasama ang kaniyang asawang si
Priscila. Siya ay pumunta sa kanila (sapagkat iniutos ni Claudio
na umalis mula sa Roma ang lahat ng mga Judio). 3At dahil
magkatulad ang kanilang hanapbuhay, siya ay nanirahang
kasama nila at gumawa. Ang kanilang hanapbuhay ay paggawa
ng mga tolda. 4At siya ay nakikipagpaliwanagan sa sinagoga
tuwing Sabat at hinihimok ang mga Judio at ang mga Griyego.
5Nang dumating sina Silas at Timoteo mula sa Macedonia, si
Pablo ay nagkaroon ng kabigatan sa espiritu at pinapatunayan
sa mga Judio na si Jesus ang Cristo. 6Ngunit nang sila mismo
ay tumututol at lumalapastangan, ipinagpag niya ang kaniyang
mga damit at sinabi sa kanila, "Ang dugo ninyo ay sumainyong
ulo. Ako ay walang pananagutan. Mula ngayon ako ay paroroon
sa mga Gentil." 7At nang siya ay nakaalis doon, siya ay
pumasok sa bahay ng isang lalaking sumasamba sa Diyos na
ang pangalan ay Justo, na ang bahay ay malapit sa sinagoga.
8At si Crispo na pinuno ng sinagoga ay sumampalataya sa
Panginoon kasama ng kaniyang buong sambahayan. Marami
rin sa mga taga-Corinto ang nakikinig, sila ay sumampalataya
at nabawtismuhan.
9Ngunit sinabi ng Panginoon kay Pablo sa pamamagitan ng
pangitain sa gabi, "Huwag kang matakot, sa halip ay magsalita
ka at huwag kang manahimik, 10sapagkat ako ay kasama mo at
walang sinumang sasalakay sa iyo upang ikaw ay saktan dahil
marami akong tao sa lungsod na ito." 11Kaya siya ay nanatili
roon ng isang taon at anim na buwan na itinuturo sa kanila ang
salita ng Diyos.

17:31 Mat 10:15
18:1 1Co 1:2; 2Co 1:1, 23; 2Ti 4:20
18:2 Rom 16:3; 1Co 16:19; 2Ti 4:19
18:3 1Co 4:12; 1Te 2:9; 2Te 3:8
18:6 Mat 10:14
18:8 Mar 5:22; 1Co 1:14
18:9 Mat 14:27
18:10 Mat 28:20
18:11 Heb 4:12

12 Ngunit nang si Galio ay namumunong gobernador ng
Acaya, ang mga Judio ay nagkaisang tumindig laban kay
Pablo at siya ay kanilang dinala sa hukuman, 13 na sinasabi,
"Hinihikayat ng lalaking ito ang mga tao upang sumamba sa
Diyos na labag sa Kautusan."
14 Ngunit nang ibinubuka na ni Pablo ang kaniyang
bibig, sinabi ni Galio sa mga Judio, "O, mga Judio, kung
ito nga ay patungkol sa anumang kapinsalaan o mapanakit
na katampalasan, nararapat lamang na pakinggan ko kayo.
15 Ngunit kung ito ay pagtatalo patungkol sa salita, sa mga
pangalan at sa kautusan na ayon sa inyo, kayo ang sisiyasat nito
sa inyong mga sarili sapagkat hindi ko hinahangad na maging
tagapaghatol ng mga bagay na ito." 16 Kaya sila ay kaniyang
pinaalis mula sa hukuman. 17 Nang nadakip ng lahat ng mga
Griyego si Sostenes na pinuno ng sinagoga, siya ay pinagpapalo
nila sa harapan ng hukuman, ngunit hindi nakialam si Galio sa
mga bagay na ito.

Sina Priscila, Aquila at Apollos

18 Ngunit si Pablo ay nanatili pa roon ng ilang araw.
Pagkatapos niyang magpaalam sa mga kapatid, siya ay
naglayag patungong Siria kasama sina Priscila at Aquila.
Doon sa Cencrea, ginupit niya ang buhok sa kaniyang ulo
dahil siya ay may panata. 19 Siya ay dumating sa Efeso at
sila ay iniwan niya roon, ngunit siya mismo ay pumasok sa
sinagoga at nakipagpaliwanagan sa mga Judio. 20 At kahit na
sila ay nakikiusap sa kaniya na manatili pa roon kasama nila,
siya ay hindi pumayag. 21 Gayunpaman siya ay nagpaalam sa
kanila na sinasabi, "Kinakailangang sa anumang paraan ay
maipagdiwang ko ang papalapit na kapistahan sa Jerusalem,
ngunit babalik akong muli sa inyo kung loloobin ng Diyos." At
siya ay naglayag buhat sa Efeso.
22 At nang siya ay dumaong sa Cesarea, siya ay umahon
at pagkatapos niyang bumati sa iglesiya, siya ay bumaba sa
Antioquia. 23 Nang nakagugol siya roon ng ilang panahon, siya
ay umalis na nililibot ang magkasunod na lalawigan ng Galacia
at Frigia, at pinapatatag ang lahat ng mga alagad.
24 At dumating sa Efeso ang isang Judio na ang pangalan ay
Apollos na ipinanganak sa Alexandria, isang lalaking mahusay
magsalita at may kakayahan sa mga Kasulatan♦. 25 Ang lalaking
ito ay naturuan na sa Daan ng Panginoon. At yamang siya ay
nagniningas sa espiritu, siya ay nagsasalita at nagtuturo nang
wastong mga bagay patungkol sa Panginoon, kahit na ang
nalalaman lamang niya ay ang bawtismo ni Juan. 26 Siya ay
nagsimulang magsalita na may buong katapangan sa sinagoga.

18:12 Rom 15:26; 1Co 16:15; 2Co 9:2; 1Te 1:7-8
18:17 1Co 1:1
18:18 Luc 2:2; Rom 16:1
18:19 1Co 15:32; Efe 1:1; 1Ti 1:3; Pah 1:11; 2:1
18:21 Rom 1:10; 1Co 4:19; San 4:15
18:24 1Co 1:12; Tit 3:13
18:25 Mar 1:4; Rom 12:11

At nang siya ay narinig nina Aquila at Priscila, siya ay isinama nila at ipinaliwanag nang mas wasto ang Daan ng Panginoon sa kaniya. **27**At dahil ninanais niyang dumaan sa Acaya, ang mga kapatid ay sumulat upang hikayatin ang mga alagad na tanggapin siya. Nang siya ay dumating, tumulong siya nang lubos sa mga sumampalataya na sa pamamagitan ng biyaya **28**sapagkat may kapangyarihan niyang dinaig ang mga Judio at hayagang pinapatunayan sa pamamagitan ng mga Kasulatan na si Jesus ang Cristo.

Si Pablo sa Efeso

19 Nangyari, habang si Apollos ay nasa Corinto, si Pablo ay dumaan sa mga liblib na dako at dumating sa Efeso. At nang natagpuan niya ang ilang alagad, **2**sinabi niya sa kanila, "Tinanggap ba ninyo ang Banal na Espiritu nang kayo ay sumampalataya?"

Ngunit sinabi nila sa kaniya, "Hindi man lang namin narinig kung may Banal na Espiritu."

3At sinabi niya sa kanila, "Sa ano nga kayo binawtismuhan?"

Kaya sinabi nila, "Sa bawtismo ni Juan."

4Subalit sinabi ni Pablo, "Nagbawtismo nga si Juan ng bawtismo ng pagsisisi na nagsasabi sa mga tao na sila ay dapat sumampalataya sa kaniya na dumarating na kasunod niya, samakatuwid ay kay Cristo Jesus."

5At nang narinig nila ito, sila ay nabawtismuhan sa pangalan ng Panginoong Jesus. **6**At nang ipinatong ni Pablo ang kaniyang mga kamay sa kanila, ang Banal na Espiritu ay bumaba sa kanila at sila ay nagsalita ng mga wika at nagpahayag. **7**Ang lahat ng mga lalaki ay humigit-kumulang sa labindalawa.

8At siya ay pumasok sa sinagoga at nagsalita ng may katapangan sa loob ng tatlong buwan na ipinapaliwanag at nanghihikayat patungkol sa mga bagay ng paghahari ng Diyos. **9**Ngunit nang ang ilang nagmatigas at hindi sumampalataya ay nagsasalita ng masama sa Daan sa harap ng maraming tao, siya ay umalis sa kanila at humiwalay sa mga alagad. At siya ay araw-araw na nakipagpaliwanagan sa paaralan ng isang Tirano. **10**At ito ay nagpatuloy sa loob ng dalawang taon, kaya ang lahat ng mga naninirahan sa Asya ay nakarinig ng salita ng Panginoong Jesus, kapwa mga Judio at mga Griyego.

11At ang Diyos ay gumawa ng mga hindi pangkaraniwang mga makapangyarihang gawa sa pamamagitan ng mga kamay ni Pablo. **12**Kaya kahit ang mga panyo, o mga tapis na mula sa kaniyang katawan ay dinadala sa mga may karamdaman, at sila ay gumaling sa kanilang mga karamdaman, at ang mga masasamang espiritu ay lumalabas mula sa kanila. **13**Ngunit

19:2 Jua 20:22
19:4 Mar 1:4; Jua 1:7
19:6 Mar 16:17
19:8 Mat 3:2
19:13 Mat 12:27; Mar 9:38

ang ilan sa mga Judiong pagala-gala, na nagpapalayas ng
mga masasamang espiritu, ang bumigkas ng pangalan ng
Panginoong Jesus sa mga sinasapian ng masamang espiritu, na
sinasabi, “Inuutusan namin kayo sa pamamagitan ni Jesus na
siyang ipinangangaral ni Pablo.” 14At may pitong anak na lalaki
si Esceva, na isang Judio at pinakapunong saserdote, ang siyang
gumagawa nito.
15Ngunit sumagot ang masamang espiritu at sinabi, “Si Jesus
ay kilala ko at si Pablo ay nakikilala ko. Ngunit sino kayo?”
16At nagtatatalon sa kanila ang lalaking kinaroroonan ng
masamang espiritu at nilupig sila at nanaig laban sa kanila,
kaya sila ay tumakas na hubad at mga sugatan mula sa bahay
na iyon. 17At nangyari na ito ay nalaman ng lahat ng mga Judio,
gayundin ng mga Griyego na naninirahan sa Efeso, at ang
pagkatakot ay bumalot sa kanilang lahat at patuloy na nadakila
ang pangalan ng Panginoong Jesus. 18Marami rin sa mga
nanampalataya ang dumating na naghahayag at nagsasalaysay
ng kanilang mga gawa. 19At marami sa mga gumagawa ng
salamangka ang sama-samang nagdala ng kanilang mga aklat at
pinagsusunog nila ang mga ito sa paningin ng lahat. At binilang
nila ang halaga ng mga iyon at nalaman na iyon ay nasa
limampung libong putol na pilak. 20Sa gayong paraan, may
kapangyarihang lumago at nanaig ang salita ng Panginoon.
21At pagkatapos naganap ang mga bagay na ito, binalak ni
Pablo, sa espiritu, na pumunta sa Jerusalem pagkatapos niyang
dumaan sa Macedonia at Acaya, kaniyang sinabi, “Pagkagaling
ko roon, kinakailangang makita ko rin ang Roma.” 22Kaya
isinugo niya sa Macedonia ang dalawang naglilingkod sa
kaniya, sina Timoteo at Erasto, ngunit siya ay nanatili nang
ilang panahon sa Asya.

19:21
Rom
15:24-25,
28
19:22
Rom
16:23;
2Ti 4:20
19:26
1Co 8:4;
Pah 9:20

Ang Kaguluhan sa Efeso

23At sa panahong iyon ay may naganap na hindi maliit na
kaguluhan patungkol sa Daan 24sapagkat may isang lalaking
panday-pilak na ang pangalan ay Demetrio, na gumagawa
ng mga dambanang pilak ni Artemis*, ang nakakapagbigay
ng hindi maliit na kita sa mga manggagawa. 25Nang sila ay
natipon niya, gayundin ang mga manggagawa ng gayong
hanapbuhay, sinabi niya, “Mga ginoo, nalalaman ninyo na ang
ating kayamanan ay sa hanapbuhay na ito. 26Nakikita rin ninyo
at naririnig na hindi lamang sa Efeso kundi halos sa buong
Asya, na hinimok nitong si Pablo at inilihis ang maraming tao
sa pamamagitan ng pagsasabi na hindi mga diyos yaong mga

* **19:24** *Artemis*: Sa salin sa Griyego ay Artemis, sa Latin ay Diana.

ginagawa sa pamamagitan ng mga kamay. 27 At hindi lamang
nanganganib na mawalan ng kabuluhan ang hanapbuhay
nating ito, kundi maging ang templo ng dakilang diyosang si
Artemis, na siyang sinasamba ng buong lalawigan ng Asya
at ng sanlibutan, ay maituring na maging walang halaga at
maibagsak ang kaniyang kadakilaan."

28 At pagkatapos nilang narinig ito, sila ay napuno ng
galit at sumigaw na sinasabi, "Dakila ang Artemis ng mga
taga-Efeso." 29 At napuno ng kalituhan ang buong lungsod at
nagkaisa silang lumusob sa dulaan at sinunggaban nila sina
Gayo at Aristarco, na mga taga-Macedonia at mga kasama
ni Pablo sa paglalakbay. 30 Ngunit kahit ninanais pumasok
ni Pablo sa madla, hindi siya pinahintulutan ng mga alagad.
31 At ang ilan naman sa mga pinuno ng Asya na mga kaibigan
niya ay nagsugo sa kaniya at nagsusumamong huwag niyang
ipakipagsapalaran ang kaniyang sarili sa dulaan. 32 Kaya nga,
ang ilan ay sumisigaw ng isang bagay at ang ilan ay iba naman
dahil ang kapulungan ay nalito na at hindi alam ng nakararami
kung bakit sila ay nagkatipon. 33 At inilabas nila si Alejandro
mula sa napakaraming tao, na ipinagtutulakan ng mga Judio
upang pumunta sa harapan. Ngunit inihudyat ni Alejandro
ang kaniyang kamay na ibig niyang gumawa ng pagtatanggol
sa madla. 34 Subalit nang nakilala nila na siya ay isang Judio,
sa isang tinig, silang lahat ay sumisigaw nang halos dalawang
oras, "Dakila ang Artemis ng mga taga-Efeso!"

19:29 Rom 16:23; 1Co 1:14; Col 4:10; Flm 1:24
19:37 Rom 2:22

35 Nang napatahimik na ng kalihim ng bayan ang
napakaraming tao, sinabi niya, "Mga ginoong taga-Efeso,
sino ang taong hindi nakakaalam na ang lungsod ng mga
taga-Efeso ay tagapagsamba ng dakilang diyosang si Artemis
at niyaong nahulog mula kay Zeus? 36 Kaya yamang hindi
maipagkakaila ang mga bagay na ito, nararapat na kayo
ay maging mahinahon na at huwag gumawa ng anumang
kapusukan 37 sapagkat dinala ninyo rito ang mga lalaking ito
na hindi mga magnanakaw sa templo, ni mga lumalapastangan
sa inyong diyosa. 38 Kaya nga, kung si Demetrio at ang mga
manggagawa na kasama niya ay nagtataglay ng usapin laban
sa kaninuman, ang mga paglilitis ay isinasagawa at may mga
gobernador. Hayaan silang isakdal ang isa't isa. 39 Subalit kung
may pagsasangguni pa kayo patungkol sa ibang mga bagay,
ito ay matutugunan sa kapulungan ayon sa batas, 40 sapagkat
tayo rin ay nanganganib na masakdal patungkol sa kaguluhan
sa araw na ito, dahil sa walang anumang dahilan ang
maibibigay natin bilang paliwanag sa magulong pagtitipong
ito." 41 Pagkasabi niya ng mga bagay na ito, pinauwi niya ang
kapulungan.

Ang Pagdaan sa Macedonia at Grecia

20 Pagkatapos tumigil ang kaguluhan, tinawag ni Pablo
ang mga alagad, at nang siya ay nakapagpaalam, siya
ay umalis papunta sa Macedonia. **2**Nang siya ay nakarating sa
mga dakong iyon, pinalakas niya ang kanilang mga kalooban
sa pamamagitan ng maraming salita at siya ay pumunta sa
Grecia **3**at nanatili roon ng tatlong buwan. At nang nagkaroon
ng sabwatan ang mga Judio laban sa kaniya nang malapit na
ang kaniyang paglalayag patungong Siria, siya ay nagpasyang
bumalik upang dumaan sa Macedonia. **4**At sinamahan siya
hanggang sa Asya ni Sopatro na taga-Berea, nina Aristarco at
Segundo na mga taga-Tesalonica, ni Gayo na taga-Derbe, at ni
Timoteo, at nina Tiquico at Trofimo na mga taga-Asya. **5**Sila
ay nauna at naghintay sa amin sa Troas. **6**At pagkatapos ng
kapistahan ng Tinapay na Walang Pampaalsa, kami ay naglayag
mula sa Filipos at nakarating sa kanila sa Troas sa loob ng
limang araw kung saan kami ay nanatili ng pitong araw.

Binuhay si Eutico

7At sa unang araw ng sanlinggo, nang nagkatipon ang
mga alagad upang magputul-putol ng tinapay, si Pablo ay
nakipagpaliwanagan sa kanila dahil siya ay papaalis na
kinabukasan. Tumagal ang kaniyang pananalita hanggang sa
hatinggabi. **8**At mayroong maraming ilaw sa silid sa itaas na
pinagtipunan nila. **9**At may isang binata na ang pangalan ay
Eutico ang nakaupo sa bintana na nakatulog ng mahimbing. Sa
haba ng pakikipagpaliwanagan ni Pablo, lalong napahimbing
ang kaniyang tulog at siya ay nahulog pababa mula sa ikatlong
palapag at patay na siya nang mabuhat. **10**Ngunit nanaog si
Pablo, dumapa sa ibabaw niya, kaniyang niyakap at sinabi,
"Huwag kayong magkagulo sapagkat nasa kaniya pa ang
kaniyang buhay." **11**Pagkatapos niyang pumanhik, siya ay
nakipagputul-putol ng tinapay at kumain. Siya ay nakipag-usap
pa ng matagal hanggang sa pagsikat ng araw at pagkatapos siya
ay umalis. **12**At iniuwi nilang buhay ang binata at sila ay naaliw
ng lubos.

Ang Pamamaalam ni Pablo sa Efeso

13Ngunit kami ay nauna sa barko at naglayag patungong
Asos at doon namin binabalak na pasakayin si Pablo sapagkat
gayon ang kaniyang iniutos dahil binabalak niyang maglakad.
14At nang siya ay sumalubong sa amin sa Asos, siya ay isinakay
namin at kami ay pumunta sa Mitilene. **15**At nang kami ay
nakapaglayag mula roon, kinabukasan ay dumating kami sa
tapat ng Chios. At sa sumunod na araw, kami ay dumaong

20:3
Luc 2:2; 2Co 11:26; 1Te 2:16
20:4
Efe 6:21; Col 4:7; 2Ti 4:20; Tit 3:12
20:7
Mat 14:19; 1Co 16:2; Pah 1:10
20:10
Mat 9:23-24
20:11
Mat 14:19
20:15
2Ti 4:20

sa Samos at nanatili kami sa Trogilium. Kinabukasan, kami
ay dumating sa Mileto **16**sapagkat si Pablo ay nagpasya na
maglayag malapit sa Efeso upang huwag na siyang makagugol
ng panahon sa Asya dahil siya ay nagmamadali, na kung
maaari siya ay naroroon sa Jerusalem sa araw ng Pentecostes.
17At mula sa Mileto ay nagsugo siya sa Efeso at ipinatawag
ang matatanda sa iglesiya. **18**At pagkarating nila sa kaniya
ay kaniyang sinabi sa kanila, "Nalalaman ninyo simula pa
sa unang araw na tumungtong ako sa Asya, kung papaano
akong namuhay kasama ninyo sa lahat ng panahon. **19**Ako ay
naglilingkod sa Panginoon ng buong pagpapakumbaba at ng
maraming luha at ng mga pagsubok na nangyari sa akin sa
pamamagitan ng mga pagsasabwatan ng mga Judio, **20**kung
paanong wala akong ipinagkait na anumang bagay na kapaki-
pakinabang sa inyo, kundi upang ipahayag sa inyo at turuan
kayo ng hayagan at sa mga bahay-bahay, **21**na masikap kong
pinatototohanan ang pagsisisi sa Diyos at pananampalataya
sa ating Panginoong Jesu-Cristo, kapwa sa mga Judio at mga
Griyego. **22**Ngayon, narito, dahil ako ay bihag na sa espiritu,
ako ay patutungo sa Jerusalem na hindi alam ang mga bagay na
mangyayari sa akin doon, **23**maliban na ang Banal na Espiritu
ay nagpapatotoo sa bawat lungsod, na sinasabing ang mga
tanikala at mga paghihirap ang naghihintay sa akin. **24**Subalit
wala akong ipinag-aalala sa salitang ito, ni itinuturing ko ang
aking buhay na mahalaga sa aking sarili, upang maganap
kong may kagalakan ang aking takbuhin at ang paglilingkod
na tinanggap ko sa Panginoong Jesus, ang patotohanan ang
ebanghelyo ng biyaya ng Diyos.
25"Ngayon, narito, alam ko na kayong lahat na pinuntahan
ko at pinangaralan ng paghahari ng Diyos ay hindi na makikita
pa ang aking mukha. **26**Dahil dito, pinatototohanan ko sa inyo
sa araw na ito, na wala akong pananagutan sa dugo ng lahat
ng mga tao **27**sapagkat hindi ako nagkulang na ipahayag sa
inyo ang buong kalooban ng Diyos. **28**Kaya ingatan ninyo
ang inyong mga sarili at ang buong kawan, kung saan ang
Banal na Espiritu ang nagtalaga sa inyo bilang tagapangasiwa
upang pangalagaan ang iglesiya ng Diyos na kaniyang binili sa
pamamagitan ng sarili niyang dugo **29**sapagkat alam ko ito, na
sa aking pag-alis, kayo ay papasukin ng mababangis na mga
lobo na hindi kinakaawaan ang kawan. **30**Mula rin sa inyong
mga kasamahan ay titindig ang mga lalaking magsasalita ng
mga bagay na lihis upang ilayo ang mga alagad para sumunod
sa kanila. **31**Dahil dito, magbantay kayo at alalahanin ninyo na
sa loob ng tatlong taon, sa gabi at araw, ay hindi ako tumigil sa
pagbibigay babala sa bawat isa nang may mga luha.

20:21 Efe 1:15; Col 2:5; Flm 1:5
20:24 2Co 4:1; Gal 1:1; 2Ti 4:7; Tit 1:3
20:25 Mat 4:23
20:28 Jua 21:16; Rom 3:25; 1Co 6:20; 10:32; 1Ti 3:1
20:29 Mat 7:15

32 "Ngayon mga kapatid, inihahabilin ko kayo sa Diyos
at sa salita ng kaniyang biyaya na siyang may kakayanang
magpatibay sa inyo at magbigay sa inyo ng pamana, kasama
ang lahat ng mga pinaging-banal na. 33 Hindi ko hinangad ang
pilak, ginto o ang pananamit ng sinuman. 34 At kayo mismo
ang nakakaalam na ang mga kamay na ito ang gumawa para sa
aking mga pangangailangan at para sa aking mga kasamahan.
35 Ipinakita ko sa inyo ang lahat ng mga bagay na sa ganitong
pagpapagal ay dapat na tulungan ang mga mahihina at
alalahanin ang salita ng Panginoong Jesus, na kaniyang sinabi,
'Higit na pinagpala ang magbigay kaysa sa tumanggap.' "
36 Pagkasabi niya ng mga bagay ito, siya ay lumuhod at
nanalangin kasama silang lahat. 37 At nagkaroon ng labis na
pagdalamhati ang lahat, at sa pagyakap nila kay Pablo, siya ay
magiliw nilang hinalikan, 38 at ang higit nilang ikinalungkot ay
ang salita na kaniyang sinabi, na nalalapit nang hindi na nila
makita ang kaniyang mukha. At siya ay inihatid nila sa barko.

Ang Pagpunta sa Jerusalem

21 At nangyari, na sa aming paglalayag, nang kami ay
napahiwalay sa kanila, kami ay tuluy-tuloy na nakarating
sa Cos. At kinabukasan kami ay tumuloy sa Rodas at buhat
doon, kami ay tumuloy sa Patara. 2 At nang natagpuan namin
ang isang barko na naglalayag patungong Fenicia, kami ay
sumakay at naglayag. 3 Ngunit nang natanaw namin ang
Cyprus at nilagpasan ito sa bandang kaliwa, kami ay patuloy
na naglayag patungong Siria at dumaong sa Tiro sapagkat
doon nagbaba ng lulan ang barko. 4 At nang natagpuan namin
ang mga alagad, kami ay nanatili roon ng pitong araw.
Sinabi nila kay Pablo sa pamamagitan ng Espiritu na huwag
siyang umahon patungo sa Jerusalem. 5 Ngunit pagkalipas ng
mga araw na iyon, kami ay umalis at patuloy na naglakbay.
Silang lahat, kasama ang kanilang mga asawa at mga anak,
ang naghatid sa amin hanggang sa labas ng lungsod at kami
ay lumuhod sa baybayin at nanalangin. 6 At nang kami ay
nakapagpaalam sa isa't isa, kami ay sumakay sa barko at sila ay
umuwi sa kanilang mga tahanan.
7 Nang kami ay natapos nang maglayag mula sa Tiro, kami
ay dumating sa Tolemais, at pagkatapos naming batiin ang
mga kapatid, kami ay nanatili kasama nila ng isang araw.
8 Ngunit kinabukasan, pagkaalis ng mga kasama ni Pablo,
kami ay dumating sa Cesarea at pumasok sa bahay ni Felipe na
ebanghelista, na isa sa pito, at kami ay nanatiling kasama niya.
9 Ang lalaking ito ay may apat na anak na dalagang birhen na
nangangaral. 10 Sa aming pananatili roon ng maraming araw,

20:32
Mat 25:34; Efe 1:4; Col 1:12; Heb 9:15; 1Pe 1:4
20:33
1Co 9:12; 2Co 2:17; 1Te 2:5
20:36
Luc 22:41
20:37
Luc 15:20
21:3
Luc 2:2
21:5
Luc 22:41
21:8
Efe 4:11; 2Ti 4:5
21:9
Luc 2:36; 1Co 11:5

may isang propeta na ang pangalan ay Agabo ang dumating
mula sa Judea. 11 Lumapit siya sa amin, kinuha niya ang
pamigkis ni Pablo, ginapos niya ang kaniyang sariling mga
kamay at mga paa at sinabi, “Ganito ang sinasabi ng Banal
na Espiritu, ‘Sa ganitong paraan gagapusin ng mga Judio sa
Jerusalem ang lalaking may-ari ng pamigkis na ito at siya ay
ibibigay nila sa mga kamay ng mga Gentil.’ ”
12 Kaya nang narinig namin ang mga bagay na ito, kami at
gayundin ang mga tagaroon ay nagsumamo sa kaniya na huwag
na siyang umahon sa Jerusalem. 13 Ngunit sumagot si Pablo,
“Ano ang ginagawa ninyong pananangis at pagdudurog sa
aking puso? Ako ay hindi lamang nakahanda upang magapos
kundi maging ang mamatay sa Jerusalem alang-alang sa
pangalan ng Panginoong Jesus.”
14 Ngunit dahil siya ay hindi namin mahikayat, tumigil kami
at sinabi, “Mangyari ang kalooban ng Panginoon.”
15 Pagkatapos ng mga araw na iyon, binitbit namin ang aming
mga dalahin at umahon patungong Jerusalem. 16 At sumama rin
sa amin ang ilan sa mga alagad mula sa Cesarea at isinama nila
si Minason, na taga-Cyprus na isa sa mga naunang alagad, na
sa kaniya kami makikipanuluyan.

21:11 Mat 20:19
21:13 Jua 15:21
21:14 Mat 26:39
21:20 Rom 10:2; Gal 1:14; Flp 3:6
21:21 1Co 7:18-19

Ang Pagdating ni Pablo sa Jerusalem

17 At nang kami ay dumating sa Jerusalem, tinanggap
kaming may kagalakan ng mga kapatid. 18 At kinabukasan, si
Pablo ay kasama naming pumunta kay Santiago at ang lahat
ng matatanda ay naroon. 19 Pagkatapos niya silang batiin,
isinalaysay niyang isa-isa ang mga bagay na ginawa ng Diyos
sa mga Gentil sa pamamagitan ng kaniyang paglilingkod.
20 At sila na nakarinig nito ay patuloy na niluluwalhati ang
Panginoon at kanilang sinabi sa kaniya, “Kapatid, nakikita
mo kung ilang libo sa mga Judio ang sumampalataya at lahat
sila ay masigasig para sa Kautusan. 21 Ibinalita sa kanila ang
patungkol sa iyo, na itinuturo mo ang pagtalikod kay Moises
sa lahat ng mga Judio na nasa mga bansa, at sinasabi mo na
huwag nang tuliin ang kanilang mga anak, ni lumakad ayon
sa mga kaugalian. 22 Ano kung gayon ang gagawin? Walang
alinlangang napakarami ang kailangang magtipon sapagkat
mababalitaan nilang dumating ka. 23 Kaya gawin mo itong
sinasabi namin sa iyo. Mayroon kaming apat na lalaking may
sinumpaang panata sa kanilang sarili. 24 Isama mo sila at
dalisayin mo ang iyong sarili kasama nila. Bayaran mo ang
kanilang magugugol upang kanilang maipaahit ang kanilang
mga ulo at malaman ng lahat na hindi totoo ang mga bagay
na nabalitaan na nila patungkol sa iyo, sa halip ay lumalakad

ka nang maayos at iningatan mo mismo ang Kautusan.
25 Ngunit patungkol sa mga Gentil na sumampalataya na,
sinulatan namin sila na ipinasiyang huwag nilang gawin
ang gayong bagay* maliban na sila ay lumayo sa mga bagay
na inihandog sa diyos-diyosan, sa dugo, sa binigti at sa
pakikiapid."
26 Nang isinama ni Pablo ang mga lalaking iyon, sa
sumunod na araw na dinalisay siya na kasama sila, siya ay
pumasok sa templo♦ na ipinapahayag ang kaganapan ng mga
araw ng pagdadalisay hanggang sa maihandog ang hain para
sa bawat isa sa kanila.

Dinakip Nila si Pablo

27 Nang halos matapos na ang pitong araw, pagkakita
ng mga Judio na nanggaling sa Asya kay Pablo sa loob
ng templo, ginulo nila ang napakaraming tao at siya ay
dinakip, 28 at kanilang isinisigaw, "Mga lalaking taga-Israel,
tumulong kayo! Ito ang lalaking nagtuturo sa mga tao, kahit
saan, laban sa mga tao at sa Kautusan at sa dakong ito.
Bukod pa rito, nagdala rin siya ng mga Griyego sa templo at
dinungisan na ang banal na dakong ito." 29 Ito ay sapagkat
nakita na nila noon si Trofimo na taga-Efeso na kasama
niya sa lungsod, at inisip nilang siya ay ipinasok ni Pablo sa
templo.
30 At ang buong lungsod ay nagulo at nangyari, na ang
mga tao ay sama-samang tumakbo at kanilang dinakip si
Pablo at kinaladkad palabas sa templo. At ang mga pintuan
ay isinara kaagad. 31 At sa kanilang pagnanais na siya
ay patayin, dumating ang balita sa pinunong kapitan♦ ng
batalyon♦ na ang buong Jerusalem ay nagkagulo na. 32 At
siya ay nagsama kaagad ng mga kawal at ng mga senturion
at sumugod sa kinaroroonan nila. At nang nakita nila
ang pinunong kapitan at ang mga kawal, sila ay tumigil
sa paghahampas kay Pablo. 33 Kaya paglapit ng pinunong
kapitan, siya ay hinuli at ipinag-utos na gapusin siya ng
dalawang tanikala. At siya ay nagtanong kung sino siya
at kung ano ang kaniyang ginawa. 34 Ngunit ang ilan sa
napakaraming tao ay sumigaw ng isang bagay at ang ilan ay
iba naman.
At dahil hindi niya nalaman ang katotohanan dahil sa
kaguluhan, iniutos niya na dalhin si Pablo sa himpilan. 35 At
nang siya ay dumating sa hagdanan, nangyari na siya ay
binuhat ng mga kawal dahil sa karahasan ng napakaraming

21:27 1Te 2:16
21:28 Mat 24:15
21:29 2Ti 4:20
21:33 Efe 6:20; 2Ti 2:9

* **21:25** *huwag nilang gawin ang gayong bagay*: Ang mga bagay ayon sa mga kaugalian ng mga Judio kagaya ng pagtutuli.

tao 36sapagkat ang napakaraming tao ay sumunod at
sumisigaw, “Alisin mo siya!”

Nagsalita si Pablo sa Maraming Tao

37Habang si Pablo ay ipinapasok sa himpilan, sinabi niya sa
pinunong kapitan, “Pahihintulutan mo ba akong magsabi ng
anuman sa iyo?”

At sinabi niya, “Marunong ka bang magsalita ng Griyego?
38Hindi ba ikaw ang taga-Egipto na nang nakaraang araw ay
nang-udyok ng kaguluhan at nagdala sa ilang ng apat na libong
kalalakihan na mga mamamatay-tao?”

39Ngunit sinabi ni Pablo, “Ako ay isang tunay na Judio na
taga-Tarso ng Cilicia, isang mamamayan ng hindi kilalang
hamak na lungsod. Isinasamo ko sa iyo na pahintulutan mo
akong magsalita sa mga tao.”

40Nang siya ay kaniyang pinahintulutan, si Pablo
na nakatayo na sa hagdanan ay naghudyat ng kamay
sa napakaraming tao. At nang nagkaroon ng lubos na
katahimikan, siya ay nagsalita sa kanila sa wikang Hebreo, na
sinasabi,

21:36 Luc 23:18; Jua 19:15
21:38 Mat 24:26
21:40 Jua 5:2
22:2 Jua 5:2
22:3 Luc 10:39
22:5 Luc 22:66; Rom 7:1
22:8 Mar 1:24

22 “Mga ginoo, mga kapatid at mga ama, pakinggan ninyo
ang pagtatanggol na ginagawa ko sa inyo ngayon.” 2At
nang narinig nilang siya ay nagsasalita sa kanila sa wikang
Hebreo, sila ay lalong tumahik.

Sinabi niya, 3“Ako nga ay isang lalaking Judio na
ipinanganak sa Tarso ng Cilicia ngunit pinalaki sa lungsod na
ito sa paanan ni Gamaliel, na naturuan ayon sa mahigpit na
kautusan ng ating mga ninuno, at may kasigasigan sa Diyos
katulad din ninyong lahat ngayon. 4At pinagmalupitan ko
ang Daan na ito hanggang sa kamatayan, sa pamamagitan
ng panggagapos at pagdadala ng mga lalaki at ng mga babae
sa mga bilangguan 5katulad din ng pagpapatotoo sa akin ng
pinakapunong saserdote at ng lahat ng matatanda kung kanino
ko tinanggap ang mga sulat patungkol sa mga kapatid. Ako ay
naglakbay patungong Damasco upang ang mga iginapos doon
ay maidala ko sa Jerusalem upang sila ay maparusahan.

6“Subalit nangyari, na habang ako ay naglalakbay at
papalapit sa Damasco nang magtatanghaling-tapat, biglang
nagningning sa paligid ko ang isang napakaningning na
liwanag na nagmula sa langit. 7Bumagsak ako sa lupa at narinig
ko ang tinig na nagsasabi sa akin, ‘Saulo, Saulo, bakit mo ako
pinagmamalupitan?’ 8At ako ay sumagot, ‘Sino ka, Panginoon?’
At sinabi niya sa akin, ‘Ako ay si Jesus na taga-Nazaret na
iyong pinagmamalupitan.’

9 "At nakita nga ng mga kasama ko ang liwanag at sila ay
natakot ngunit hindi nila narinig ang tinig niyaong nagsasalita
sa akin. 10 Kaya sinabi ko, 'Ano ang dapat kong gawin,
Panginoon?' At sinabi ng Panginoon sa akin, 'Tumindig at
pumunta ka sa Damasco at doon ay sasabihin sa iyo ang
patungkol sa lahat ng mga bagay na itinalagang gawin mo.'
11 Nang hindi ako makakita dahil sa kaningningan ng liwanag
na iyon, habang ako ay inaakay ng mga kasama ko, ako ay
nakarating sa Damasco.
12 "Ngunit si Ananias, na isang taong tapat ayon sa
Kautusan, na mayroong mabuting patotoo sa lahat ng mga
Judiong naninirahan doon, 13 ay lumapit at tumayo sa tabi ko
at kaniyang sinabi sa akin, 'Kapatid na Saulo, tanggapin mo
ang iyong paningin.' At ako ay tumingin sa kaniya sa oras
ding iyon. 14 At sinabi niya, 'Ang Diyos ng ating mga ninuno
ang nagtalaga sa iyo nang una pa, upang malaman mo ang
kaniyang kalooban at upang makita mo yaong Matuwid, at
upang marinig mo ang tinig mula sa kaniyang bibig 15 sapagkat
ikaw ay magiging saksi niya sa lahat ng mga tao patungkol sa
mga bagay na iyong nakita at narinig. 16 At ngayon, bakit ka pa
naghihintay? Yamang tumawag ka sa pangalan ng Panginoon,
tumindig at magpabawtismo ka at hugasan ang iyong mga
kasalanan.'
17 "At nangyari nang ako ay bumalik sa Jerusalem, habang
ako ay nanalangin sa templo, ako ay nagkaroon ng pangitain
18 at nakita ko ang Panginoon na nagsasabi sa akin, 'Magmadali
ka at umalis ka kaagad sa Jerusalem sapagkat hindi nila
tatanggapin ang iyong patotoo patungkol sa akin.' 19 Ngunit
sinabi ko, 'Panginoon, nalalaman nila na sa bawat sinagoga ay
aking ibinibilanggo at hinahampas ang mga sumampalataya
sa iyo. 20 At nang nabuhos ang dugo ni Esteban na iyong saksi,
ako mismo ang nakatayo sa malapit at sumasang-ayon sa
pagpatay sa kaniya at ako ang nagbabantay sa mga damit ng
mga pumapatay sa kaniya.' 21 At sinabi niya sa akin, 'Humayo
ka sapagkat isusugo kita sa mga Gentil na nasa malayo.' "

22:14 1Co 15:8
22:16 Jua 3:5; Rom 10:13; 1Co 6:11; Efe 5:26; Tit 3:5; Heb 10:22; 1Pe 3:21
22:19 Mat 10:17

Si Pablo ay Mamamayang Romano

22 At siya ay pinakinggan nila hanggang sa mga pananalitang
ito at pagkatapos sila ay sumigaw na sinasabi, "Alisin mula
sa lupa ang ganiyang tao sapagkat hindi siya karapat-dapat
mabuhay." 23 At habang sila ay sumisigaw at ihinahagis ang
kanilang mga damit at nagsasabog ng mga alabok sa hangin,
24 ang pinunong kapitan ay nag-utos na ipasok si Pablo sa
himpilan at sinabing siya ay siyasatin sa pamamagitan ng
paghagupit upang malaman niya kung ano ang dahilan na

sumisigaw nang ganito ang mga tao laban sa kaniya. 25Ngunit nang siya ay naigapos nila ng panaling balat, sinabi ni Pablo sa senturion na nakatayo sa malapit, “Ipinapahintulot ba sa inyo na hagupitin ang isang taong mamamayan ng Roma kahit hindi nahatulan?”

26Nang ito ay narinig ng senturion, siya ay pumunta at nagbalita sa pinunong kapitan na sinasabi, “Mag-ingat ka sa binabalak mong gawin sapagkat ang taong ito ay mamamayan ng Roma.”

27Kaya lumapit ang pinunong kapitan at sinabi sa kaniya, “Sabihin mo sa akin, ikaw ba ay mamamayan ng Roma?” Sinabi niya, “Oo.”

28Sumagot din ang pinunong kapitan, “Nakamtan ko ang pagkamamamayang ito sa malaking halaga.” At sinabi ni Pablo, “Ngunit ako naman ay ipinanganak na gayon.”

29Kaya lumayo kaagad sa kaniya ang mga nagbabalak na magsiyasat sa kaniya at ang pinunong kapitan ay natakot din nang nalaman niya na si Pablo ay mamamayan ng Roma, at dahil siya ang nagpagapos sa kaniya.

22:30 Mat 5:22
23:1 1Co 4:4; 2Co 1:12; 1Ti 1:5, 19; 2Ti 1:3; Heb 9:14; 1Pe 3:16,21
23:2 Jua 18:22
23:3 Mat 23:27; Jua 7:51
23:6 Flp 3:5

30At kinabukasan, sa pagnanais niyang malaman ang katotohanan kung bakit isinakdal si Pablo ng mga Judio, siya ay kaniyang pinakawalan sa pagkagapos at ipinag-utos na magtipon ang mga punong saserdote at ang kanilang buong Sanhedrin. At nang naipababa na si Pablo, siya ay kaniyang iniharap sa kanila.

23 Habang si Pablo ay nakatitig nang mabuti sa Sanhedrin♦, kaniyang sinabi, “Mga ginoo at mga kapatid, ako ay namuhay na may malinis na budhi sa harapan ng Diyos hanggang sa araw na ito.” 2Ngunit iniutos ni Ananias na pinakapunong saserdote sa mga nakatayong malapit kay Pablo na hampasin siya sa bibig. 3Nang magkagayon, sinabi ni Pablo sa kaniya, “Malapit ka nang hampasin ng Diyos. Ikaw na pinaputing pader! Ikaw ba ay nakaupo upang hatulan ako ayon sa Kautusan ngunit iniuutos mo na ako ay hampasin nang labag sa Kautusan?”

4Subalit sinabi ng mga nakatayo sa malapit, “Nilalait mo ba ang pinakapunong saserdote ng Diyos?”

5At sinabi ni Pablo, “Mga kapatid, hindi ko alam na siya ay ang pinakapunong saserdote sapagkat nasusulat, ‘Huwag kang magsasalita ng masama sa pinuno ng iyong bayan.’ ”

Exo 22:28

6Ngunit nang nalaman ni Pablo na ang isang bahagi ay mga Saduseo♦ at ang iba ay mga Fariseo♦, siya ay sumigaw sa Sanhedrin, “Mga ginoo at mga kapatid, ako ay Fariseo, anak ng

isang Fariseo. Ako ay hinahatulan patungkol sa pag-asa at sa
muling pagkabuhay ng mga patay."
7 At nang sinabi niya ito, nagkaroon kaguluhan sa mga
Fariseo at sa mga Saduseo at nahati ang maraming tao
8 sapagkat sinasabi nga ng mga Saduseo na walang muling
pagkabuhay, ni anghel, o ni espiritu, ngunit ang mga ito ay
pinaniniwalaan ng mga Fariseo. 9 Kaya nagkaroon ng matinding
sigawan. At tumindig ang ilan sa mga eskriba na bahagi ng mga
Fariseo at nakipagtalo na sinasabi, "Wala kaming makitang
anumang masama sa taong ito. Ngunit kung siya ay kinausap
ng isang espiritu o ng isang anghel, huwag sana tayong
lumaban sa Diyos."
10 Ngunit nang lumala ang kaguluhan, nangamba ang
pinunong kapitan na baka pagpira-pirasuhin nila si Pablo, kaya
inutusan niyang bumaba ang hukbo upang siya ay agawin sa
kanilang kalagitnaan at dalhin sa himpilan.
11 Nang sumunod na gabi, ang Panginoon ay tumayo malapit
sa kaniya at sinabi, "Pablo, lakasan mo ang iyong loob sapagkat
kung paano ka nagpatotoo patungkol sa akin sa Jerusalem ay
gayundin dapat ang iyong pagpapatotoo sa Roma."

23:8
Mat 22:23;
1Co 15:12
23:9
Mar 2:16;
Luc 23:4
23:11
Mat 14:27
23:18
Efe 3:1

Ang Banta na Patayin si Pablo

12 Kinaumagahan, ang ilan sa mga Judio ay gumawa ng
sabwatan at namanata sa kanilang sarili na sinasabing hindi
sila kakain, ni iinom man hanggang sa kanilang mapatay si
Pablo. 13 At sila na gumawa ng sabwatang ito ay mahigit na
apatnapu. 14 At sila ay pumunta sa mga punong saserdote at
sa mga matatanda at kanilang sinabi, "Sa panata ay ipinanata
namin ang aming mga sarili na hindi kami titikim ng anuman
hanggang sa aming mapatay si Pablo. 15 Kaya ngayon, kayo
kasama ng Sanhedrin, ipagbigay-alam ninyo sa pinunong
kapitan na siya ay ibababa niya sa inyo bukas gaya ng binabalak
ninyong sisiyasatin siya nang mabuti at nakahanda kaming
patayin siya bago pa siya makalapit."
16 Ngunit nang narinig ng anak na lalaki ng babaing
kapatid ni Pablo ang kanilang nalalapit na pananambang,
siya ay pumaroon at pumasok sa himpilan at ibinalita kay
Pablo. 17 Kaya pagkatawag ni Pablo sa isa sa mga senturion
ay kaniyang sinabi, "Dalhin mo ang binatang ito sa pinunong
kapitan sapagkat mayroon siyang dala-dalang isang balita sa
kaniya." 18 Kaya nga siya ay kaniyang isinama at dinala sa
pinunong kapitan at sinabi, "Tinawag ako ng bilanggong si
Pablo at ipinakiusap sa akin na dalhin ko sa iyo ang binatang
ito dahil siya ay may dala-dalang balita sa iyo."
19 Kaya siya ay hinawakan ng pinunong kapitan sa kamay at

pumaroon sa isang tabi at tinanong, “Ano itong dala-dala mong balita sa akin?”

20 At kaniyang sinabi, “Pinagkasunduan ng mga Judio na hingiin sa iyo bukas na pababain mo si Pablo sa Sanhedrin gaya ng binabalak nilang pagsisiyasat nang mabuti patungkol sa kaniya. **21** Kaya huwag kang magpahikayat sa kanila sapagkat tinatambangan siya ng mahigit sa apatnapung kalalakihan. Sila ang mga namanata sa kanilang sarili na hindi kakain, ni iinom man hanggang sa siya ay kanilang mapatay. At ngayon sila ay nakahanda na habang naghihintay ng pangako mula sa iyo.”

22 Kaya nga pinaalis ng pinunong kapitan ang binata at siya ay pinagbilinan, “Huwag mong sabihin kaninuman na ipinagbigay-alam mo sa akin ang mga bagay na ito.”

Inilipat si Pablo sa Cesarea

23 At ang pinunong kapitan ay nagpatawag ng dalawa sa mga senturion at kaniyang sinabi, “Ihanda ninyo ang dalawandaang kawal upang magtungo sa Cesarea sa ikatlong oras ng gabi* kasama ang pitumpung mangangabayo at dalawandaang maninibat. **24** Ipaghanda rin sila ng mga hayop upang pagsakyan kay Pablo nang madala siyang ligtas kay gobernador Felix.” **25** At sumulat siya ng isang liham na katulad
23:26 Luc 1:3 nito, **26** Ako, si Claudio Lisias, ay bumabati sa kagalang-galang na gobernador Felix. **27** Ang lalaking ito na nahuli ng mga Judio at ipapapatay na sana nila ay iniligtas ko nang nalaman kong siya ay mamamayan ng Roma, nang dumating ako kasama ang hukbo. **28** Sa kagustuhan kong malaman ang dahilan kung bakit siya ay kanilang isinakdal, ibinaba ko siya sa kanilang Sanhedrin. **29** Siya ay natagpuan kong isinakdal patungkol sa mga katanungan sa kanilang kautusan, ngunit walang anumang paratang na inihaharap sa kaniya na karapat-dapat ng kamatayan o ng mga tanikala. **30** Ngunit nang naipagbigay-alam sa akin ang sabwatang binalak na isasagawa ng mga Judio laban sa lalaking ito, siya ay kaagad kong ipinadala sa iyo at inutos ko sa mga nagparatang na magsalita laban sa kaniya sa harapan mo. Paalam.

31 Kaya nga si Pablo ay kinuha ng mga kawal alinsunod sa iniutos sa kanila at dinala siya sa gabi patungo sa Antipatris†. **32** At kinabukasan, hinayaaan nila ang mga mangangabayo na maglakbay kasama ni Pablo, at sila ay bumalik sa himpilan. **33** Nang sila ay dumating sa Cesarea at naibigay na ang sulat sa gobernador, iniharap din nila si Pablo sa kaniya. **34** At

---

* **23:23** *ikatlong oras ng gabi*: Ito ay ikasiyam ng gabi
† **23:31** *Antipatris*: Isang bayan sa pagitan ng Judea at Samaria, sa silangang bahagi ng kapatagan ng Sharon.

nang nabasa ng gobernador ang sulat, itinanong niya kung
saang lalawigan siya nagmula. Nang nalaman niyang si Pablo
ay taga-Cilicia, 35sinabi niya, “Pakikinggan kita kapag ang
mga nagsakdal sa iyo ay makarating din.” At iniutos niya na
bantayan si Pablo sa hukuman♦ ni Herodes.

Nilitis si Pablo sa Harap ni Felix

24 Pagkaraan ng limang araw, lumusong ang pinakapunong
saserdote na si Ananias kasama ang matatanda at ang
isang makata na si Tertulio. Sila ang nagpabatid sa gobernador
ng mga bagay laban kay Pablo.
2At nang si Pablo ay naipatawag, si Tertulio ay nagsimula
upang magparatang, na sinasabi, “Dahil sa iyo ay tinatamasa
namin ang malaking katahimikan at mga pagbabagong
nangyayari sa bansang ito sa pamamagitan ng iyong kalinga.
3Buong pagpapasalamat naming tinatanggap ito sa lahat ng
paraan at sa lahat ng dako, kagalang-galang na Felix. 4At
upang ikaw ay hindi ko maabala pa, sa iyong kagandahang-
loob, ako ay sumasamo na kami ay iyong pakinggan sa ilang
sandali 5dahil natagpuan namin na ang lalaking ito ay salot
at nagpapasimuno ng paghihimagsik sa lahat ng mga Judio
sa buong daigdig at pinuno ng pangkat ng mga Nazareno.
6Pinagsisikapan din niyang lapastanganin ang templo kaya siya
ay dinakip namin at ibig naming mahatulan alinsunod sa aming
kautusan. 7Ngunit pagdating ng pinunong kapitan na si Lisias,
siya ay marahas na kinuha sa aming mga kamay 8at kaniyang
iniutos sa mga nagsasakdal sa kaniya na pumunta sa iyo upang
sa pamamagitan ng iyong sariling pagsisiyasat ay malaman
mo ang lahat ng mga bagay na ipinaparatang namin laban sa
kaniya.” 9Ang mga Judio ay sumang-ayon din sa pamamagitan
ng paggiit na ganito ang mga nangyayari.
10At nang si Pablo ay hinudyatan ng gobernador na
magsalita, siya ay sumagot, “Dahil nalalaman ko na ikaw ay
hukom sa loob ng maraming taon sa bansang ito, lalo akong
sumigla na maipagtanggol ang aking sarili, 11sapagkat maari
mong malaman na wala pang labindalawang araw buhat nang
ako ay umahon sa Jerusalem upang sumamba. 12At hindi
nila ako natagpuan sa templo na nakikipagtalo kaninuman,
ni gumagawa ng kaguluhan sa napakaraming tao, ni sa mga
sinagoga, ni sa lungsod, 13ni hindi nila kayang patunayan ang
patungkol sa mga ipinaparatang nila sa akin ngayon. 14Ngunit
inaamin ko ito sa iyo, na ayon sa Daan na kanilang tinatawag
na pangkat ay sa gayon ko pinaglilingkuran ang Diyos ng
aming mga ninuno at sinasampalatayanan ko ang lahat ng
nakasulat ayon sa Kautusan at sa mga Propeta. 15Ako ay

24:3 Luc 1:3
24:9 1Te 2:16
24:15 Mat 25:46

mayroong pag-asa sa Diyos, na kanila rin namang hinihintay,
na magkakaroon ng muling pagkabuhay ng mga patay, mga
matuwid at mga hindi matuwid. 16Dahil dito, ako ay nagsisikap
upang palaging magkaroon ng malinis na budhi sa harap ng
Diyos at ng mga tao.
17"Ngunit pagkaraan ng maraming taon, ako ay naparito
upang magdala ng bahagi sa mga nangangailangan sa aking
bansa at ng mga haing handog. 18Dahil sa mga ito, ang ilang
mga Judio na taga-Asya ay natagpuan ako na pinadalisay*
sa templo na hindi kasama ng maraming tao, ni kasama sa
kaguluhan. 19Sila ang dapat na naririto sa harapan mo at
magsakdal kung mayroon silang anumang bagay laban sa akin,
20o kaya ang mga taong ito mismo ang hayaang magsabi kung
anong masamang gawa ang natagpuan nila habang ako ay
nakatayo sa Sanhedrin. 21Maliban sa isang tinig na ito na aking
isinigaw nang ako ay nakatayo sa kalagitnaan nila, 'Tungkol
sa muling pagkabuhay ng mga patay, ako ay hinahatulan sa
harapan ninyo sa araw na ito.' "

24:17 Rom 15:25-28; 1Co 16:1-4,15; 2Co 8:1-4; Gal 2:10
24:25 Gal 5:23; 1Te 5:6; 1Pe 4:7; 2Pe 1:6

22Nang narinig ni Felix ang mga bagay na ito, sila ay
kaniyang pinigilan dahil lalong ganap ang nalalaman niya
patungkol sa Daan. Sinabi niya, "Kung makalusong si Lisias
na pinunong kapitan, aking sisiyasating mabuti ang mga bagay
patungkol sa inyo." 23At iniutos niya sa senturion na ingatan
si Pablo at siya ay bigyan ng kaluwagan at huwag bawalan ang
sinumang kaibigan niya na siya ay paglingkuran o dalawin.
24Pagkaraan ng ilang mga araw, dumating si Felix kasama
ang kaniyang asawang si Drusila na isang Judio. Ipinatawag
niya si Pablo at pinakinggan siya patungkol sa pananampalataya
kay Cristo. 25Ngunit dahil sa kaniyang pagpapaliwanag
patungkol sa katuwiran, sa pagpipigil sa sarili at sa darating na
paghahatol, si Felix ay natakot at sumagot, "Umalis ka muna
ngayon at kapag nagkaroon ako ng pagkakataon, ipatatawag
kita." 26At sa panahon ding iyon ay inaasahan niya na bibigyan
siya ni Pablo ng salapi upang siya ay mapalaya, kaya siya ay
madalas din niyang ipinatatawag at nakikipag-usap sa kaniya.
27Ngunit pagkaraan ng dalawang taon, si Felix ay pinalitan
ni Porcio Festo. Sa pagnanais naman ni Felix na siya ay
kalugdan ng mga Judio, pinabayaan niyang nakatanikala si
Pablo.

Nilitis si Pablo sa Harap ni Festo

25 Kaya nang si Festo ay dumating sa lalawigan, siya ay
umahon sa Jerusalem mula sa Cesarea pagkalipas ng

* **24:18** *pinadalisay*: Tingnan ang talata at ang paliwanag sa Mga Gawa 21:24-26.

tatlong araw. 2At ang pinakapunong saserdote at ang mga
pinuno ng mga Judio ang nagpabatid sa kaniya laban kay
Pablo, at isinasamo nila sa kaniya 3na hinihiling ang kaniyang
pagsang-ayon laban kay Pablo, upang siya ay ipadala sa
Jerusalem, nang maisagawa ang pananambang at mapatay
siya sa daan. 4Gayunpaman, si Festo ay sumagot na si Pablo
ay pananatilihin sa Cesarea at siya mismo ay patungo na roon
sa lalong madaling panahon. 5Sinabi niya, "Ang mga may
kakayahan nga sa inyo ay lumusong kasama ko. At kung may
anumang pagkakamali ang lalaking ito, siya ay isakdal nila."

6At pagkatapos niyang nanatili sa kanila nang mahigit sa
sampung araw, siya ay lumusong sa Cesarea. Kinabukasan,
nang siya ay umupo sa hukuman, kaniyang inutos na ipadala
si Pablo. 7At nang siya ay dumating, pinaligiran siya ng mga
Judio na lumusong mula sa Jerusalem. May dala silang marami
at mabibigat na paratang laban kay Pablo na hindi nila kayang
patunayan. 8Sa pagtatanggol ni Pablo ay sinabi niya, "Laban
man sa kautusan ng mga Judio, ni laban man sa templo, ni
laban man kay Cesar♦ ay hindi ako nagkasala ng anuman."

9Ngunit dahil nagnanais si Festo na magpakita ng
kagandahang-loob sa mga Judio, siya ay sumagot kay Pablo na
sinabi, "Ninanais mo bang umahon sa Jerusalem upang doon ka
hatulan sa mga bagay na ito sa harapan ko?"

25:7 Mar 15:3; Luc 23:2,10

10Subalit sinabi ni Pablo, "Ako ay nakatayo sa hukuman
ni Cesar kung saan ako dapat hatulan. Wala akong ginawang
anumang kamalian sa mga Judio kagaya ng iyo namang lubos
na nalalaman. 11Sapagkat kung ako nga ay gumagawa ng
kamalian at gumawa na ng anumang bagay na nararapat sa
kamatayan, hindi ako tumatangging mamatay. Subalit kung
wala naman itong mga bagay na ipinaparatang nila sa akin, ako
ay hindi maaring ibigay ninuman sa kanila. Ako ay dumudulog
kay Cesar."

12Nang magkagayon, pagkatapos nakipagsangguni si Festo
sa mga tagapayo, siya ay sumagot, "Ikaw ay dumudulog kay
Cesar, kay Cesar ka pupunta."

Sumangguni si Festo kay Haring Agripa

13At pagkaraan ng ilang araw, si Haring Agripa at si
Bernice ay dumating sa Cesarea upang batiin si Festo. 14At
nang sila ay nanatili roon ng maraming araw, ipinaliwanag
ni Festo sa hari ang patungkol kay Pablo na sinasabi, "May
isang lalaking bilanggo na iniwan ni Felix. 15Nang ako ay
nasa Jerusalem, ang mga punong saserdote at ang matatanda
ng mga Judio ay nagpabatid sa akin patungkol sa kaniya. Sila
ay humihiling ng paghatol laban sa kaniya. 16Ako ay sumagot

sa kanila, 'Hindi kaugalian ng mga mamamayan ng Roma na
ibinibigay ang sinumang tao sa kapahamakan. Nauuna muna
ang pagkakaroon ng paghaharap ng mga nagsasakdal at ng
pinaparatangan upang makapagbigay siya ng pagtatanggol
sa paratang laban sa kaniya.' 17Kaya nang sila ay nagkatipon
dito, walang pag-aantala kong iniutos na dalhin kinabukasan
ang lalaki sa pag-upo ko sa hukuman. 18Nang tumindig ang
mga nagsakdal sa kaniya, sila ay walang maiharap na paratang
laban sa kaniya kagaya ng aking inaakala. 19Ngunit sila ay
may mga katanungan laban sa kaniya patungkol sa kanilang
sariling relihiyon at patungkol sa isang Jesus na namatay na,
na pinaninindigan ni Pablo na siya ay nabubuhay. 20At dahil
ako ay naguguluhan patungkol sa ganitong uri ng pagtatalo,
tinanong ko siya kung binabalak niyang pumaroon sa Jerusalem
upang doon siya hatulan patungkol sa mga bagay na ito.
21Ngunit dahil si Pablo ay nanawagan na siya ay ingatan para sa
paglilitis ng Emperador, iniutos ko na maingatan siya hanggang
sa siya ay maipadala ko kay Cesar."

22At sinabi ni Agripa kay Festo, "Ako rin mismo ay
nagnanais na pakinggan ang lalaki." Kaya sinabi niya, "Bukas,
siya ay mapapakinggan mo."

25:19 Gaw 18:15; 23:29

Si Pablo sa Harap ni Haring Agripa

23Kaya kinabukasan, dumating si Agripa at Bernice na may
malaking karilagan. Sila ay pumasok sa bulwagan ng hukuman
kasama ang mga pinunong kapitan at ang mga lalaking tanyag
sa lungsod, at sa utos ni Festo, si Pablo ay ipinasok. 24At sinabi
ni Festo, "Haring Agripa at lahat ng mga lalaking nariritong
kasama namin, mga ginoo, nakikita ninyo ang lalaking ito,
dahil sa kaniya, nanawagan sa akin ang lahat ng mga Judio sa
Jerusalem at sa dakong ito. Kanilang isinisigaw na siya ay hindi
na dapat mabuhay nang matagal. 25Ngunit nang nalaman kong
siya ay walang ginawang anumang nararapat sa kamatayan, at
dahil siya mismo ang nanawagan sa Emperador, ipinasiya ko na
siya ay ipadala. 26Ako ay walang tiyak na bagay na maisusulat
sa aking panginoon patungkol sa kaniya, kaya siya ay dinala
ko sa harapan ninyo at lalo na sa harapan mo, Haring Agripa,
upang pagkatapos ng pagsisiyasat, ako ay magkakaroon ng
bagay na maisusulat, 27sapagkat sa aking palagay ay hindi
makatwiran na magpadala ng isang bilanggo at hindi isinasaad
ang paratang laban sa kaniya."

26 Ngunit sinabi ni Agripa kay Pablo, "Ikaw ay
pinapahintulutang magsalita para sa iyong sarili."
Kaya nang iniunat ni Pablo ng kaniyang kamay,

ipinagtanggol niya ang kaniyang sarili. 2"Haring Agripa,
patungkol sa lahat ng mga bagay na isinakdal laban sa akin ng
mga Judio, itinuring kong ako ay pinagpala dahil maari kong
ipagtanggol ang aking sarili sa harapan mo sa araw na ito,
3lalung-lalo na, dahil ikaw ay kilalang bihasa sa lahat ng mga
kaugalian at gayundin sa mga pagtatalo ng mga Judio. Kaya
isinasamo ko sa iyo na maging matiyaga ka sa pakikinig sa
akin.

4"At tunay na ang uri ng aking pamumuhay mula sa
pagkabata, mula sa simula ay nangyari sa aking bansa sa
Jerusalem, ay alam na ng lahat ng mga Judio. 5Nalalaman nila
noon pa, kung ninanais nilang patunayan, na ako ay namuhay
alinsunod sa pinakamahigpit na pangkat ng aming paniniwala,
isang Fariseo. 6At ngayon, ako ay nakatayong hinahatulan
dahil sa pag-asa ng pangakong ginawa ng Diyos sa aming
mga ninuno 7na siyang inaasahang makamtan ng aming
labindalawang lipi na naglilingkod sa Diyos nang buong sikap
gabi at araw. O Haring Agripa, ako ay isinasakdal ng mga Judio
patungkol sa pag-asang ito. 8Bakit iniisip ninyong hindi kapani-
paniwala na ang Diyos ay nagbabangon ng mga patay?

9"Ako rin nga mismo ay nag-iisip na dapat akong gumawa
ng maraming mga bagay laban sa pangalan ni Jesus na taga-
Nazaret, 10ganoon din ang ginawa ko sa Jerusalem. Kaya
ang marami sa mga banal ay ikinulong ko sa bilangguan
pagkatapos kong tanggapin ang kapamahalaan mula sa mga
punong saserdote, at kapag sila ay ipinapapatay, ibinibigay
ko ang aking pagsang-ayon. 11At sa lahat ng mga sinagoga,
habang sila ay madalas kong pinaparusahan, pinipilit ko silang
maglapastangan. At dahil sa aking sukdulang galit sa kanila,
sila ay pinagmamalupitan ko kahit hanggang sa malayong mga
lungsod.

12"Dahil dito, habang ako naman ay naglalakbay patungong
Damasco na may kapamahalaan at pahintulot mula sa mga
punong saserdote, 13sa katanghalian, O Hari, nakita ko sa
daan ang isang liwanag na mula sa langit na maningning pa
kaysa sa araw, na nagliwanag sa palibot ko at sa kanila na
mga kasama kong naglalakbay. 14At nang kaming lahat ay
bumagsak sa lupa, narinig ko ang isang tinig na nakikipag-usap
sa akin at nagsasabi sa wikang Hebreo, 'Saulo, Saulo, bakit
mo ako pinagmamalupitan? Mahirap sa iyo ang tumadyak sa
mga pantusok.' 15At sinabi ko, 'Sino ka, Panginoon?' At sinabi
niya, 'Ako ay si Jesus na iyong pinagmamalupitan. 16Ngunit
bumangon ka at tumayo ka sa iyong mga paa sapagkat sa
layuning ito, ako ay nagpakita sa iyo upang italaga kitang
lingkod at saksi ng mga bagay na iyong nakita at ng mga bagay

26:4 Gal 1:13-14; Flp 3:5
26:5 Flp 3:5
26:6 Rom 15:8
26:7 1Te 3:10; 1Ti 5:5; San 1:1
26:9 Jua 15:21; 16:2; 1Ti 1:13
26:11 Mat 10:17
26:14 Jua 5:2

na ipapakita ko sa iyo. 17At ikaw ay inililigtas ko mula sa
mga tao at sa mga Gentil kung kanino kita isinusugo ngayon,
18upang idilat ang kanilang mga mata at sila ay bumaling mula
sa kadiliman patungo sa liwanag, at mula sa kapamahalaan ni
Satanas patungo sa Diyos. Ito ay upang sila ay tumanggap ng
kapatawaran ng mga kasalanan at ng pamana kasama ang mga
pinaging-banal na sa pamamagitan ng pananampalataya sa
akin.'

19"Dahil dito, O Haring Agripa, ako ay hindi naging
masuwayin sa pangitaing mula sa langit, 20sa halip ay
nangangaral ako upang sila ay magsisi at bumaling patungo sa
Diyos at gumawa ng mga gawaing nararapat sa pagsisisi, una sa
mga taga-Damasco at sa Jerusalem at sa buong lupain ng Judea,
gayundin sa mga Gentil. 21Dahil sa mga bagay na ito, ako ay
dinakip sa templo ng mga Judio at kanilang pinagsisikapang
patayin. 22Kaya dahil ako ay tumanggap ng tulong mula
sa Diyos, hanggang sa araw na ito ako ay nagpatuloy sa
pagpapatotoo, sa mga hindi dakila at sa mga dakila, na walang
sinasabing anuman kundi ang mga bagay na nakalaang
mangyayari, na sinabi ng mga Propeta at ni Moises, 23na ang
Cristo ay kailangang magdusa, na siya ang unang bumangon
mula sa mga patay upang ipahayag ang liwanag sa mga tao at sa
mga Gentil."

24Ngunit habang ipinagtatanggol niya ng gayon ang
kaniyang sarili, si Festo ay nagsabi na may malakas na
tinig, "Pablo, ikaw ay nababaliw! Ang labis na karunungan
ang nagbaling sa iyo sa kabaliwan." 25Subalit sinabi niya,
"Hindi ako nababaliw, kagalang-galang na Festo. Ngunit ang
isinasalaysay ko ay mga salita ng katotohanan at ng maayos na
kaisipan 26sapagkat nalalaman ng hari ang mga bagay na ito.
Kaya nagsasalita ako ng buong tapang sa harapan niya dahil
nakakatiyak ako na ang mga bagay na ito ay hindi nalilingid
sa kaniya yamang ito ay hindi ginawa sa isang sulok. 27Haring
Agripa, ikaw ba ay naniniwala sa mga Propeta? Alam kong
naniniwala ka."

28At si Agripa ay sumagot kay Pablo, "Halos nahihikayat mo
akong maging Cristiano."

29Subalit sinabi ni Pablo, "Ang dalangin ko sa Diyos, sa
maikli at sa mahabang panahon, na hindi lamang ikaw kundi
ang lahat din ng mga nakikinig sa akin ngayon ay maging
katulad ko maliban sa mga tanikalang ito."

30At pagkasabi niya ng mga bagay na ito, tumindig ang
hari at ang gobernador at si Bernice gayundin sila na mga
nakaupong kasama nila. 31At nang sila ay nakalayo, sila ay
nag-usap-usap sa isa't isa na sinasabi, "Ang lalaking ito ay

26:18 Luc 24:47; Efe 5:8; Col 1:13; 1Pe 2:9
26:20 Mat 3:8; Luc 3:8
26:22 Luc 24:27,44
26:23 Mat 16:21; Luc 2:32; 1Co 15:20, 23; Col 1:18; Pah 1:5
26:24 Jua 7:15; 10:20; 1Co 4:10

walang anumang ginagawa na nararapat sa kamatayan o sa
mga tanikala."
32 Kaya sumagot si Agripa kay Festo, "Mapapalaya na sana
ang lalaking ito kung hindi siya dumulog kay Cesar♦."

Naglayag si Pablo Papunta sa Roma

27 At nang napagpasyahan na kami ay maglalayag
patungo sa Italia, si Pablo at ang ibang mga
bilanggo ay ibinigay nila sa senturion♦ na ang pangalan
ay Julio, na nasa batalyon♦ ni Augusto. 2 Ngunit nang
kami ay sumakay sa barko ng Adrameto na malapit nang
maglayag sa mga baybayin ng Asya, nakasama namin sa
paglalayag si Aristarco na isang taga-Macedonia na mula
sa Tesalonica. 3 At sa sumunod na araw, kami ay nakadaong
sa Sidon. Pinakitunguhang-mabuti ni Julio si Pablo. Siya
ay pinahintulutan niyang makapunta sa kaniyang mga
kaibigan at tumanggap ng kalinga. 4 At nang kami ay
lumisan mula roon, kami ay naglayag na nanganganlong sa
Chipre sapagkat pasalungat ang hangin. 5 At nang kami ay
nakapaglayag patawid sa karagatan sa tapat ng Cilicia at
Pamfilia, dumating kami sa Mira na lungsod ng Licia. 6 At
ang senturion ay nakahanap doon ng barko ng Alexandria na
naglalayag patungo sa Italia, at kami ay kaniyang pinasakay
roon.
7 At maraming araw kaming naglayag nang dahan-dahan
at kami ay nahirapang makarating sa tapat ng Cinido. Dahil
hindi kami pinapahintulutang makalayo ng hangin, kami ay
naglayag na nanganganlong sa Creta sa tapat ng Salmone.
8 At sa hirap ng pamamaybay rito, kami ay nakarating sa
isang dakong tinatawag na mga Mabuting Daungan kung
saan malapit ang lungsod ng Lasea.
9 At nang lumipas na ang mahabang panahon at nagiging
mapanganib na ang paglalayag, at dahil ang pag-aayuno ay
nakalagpas na, sila ay pinayuhan ni Pablo 10 na sinasabi sa
kanila, "Mga ginoo, nakikita ko na ang paglalayag na ito
ay magkakaroon ng kapinsalaan at malaking kapahamakan,
hindi lamang sa lulan at sa barko, kundi gayundin sa ating
mga buhay." 11 Ngunit ang senturion ay higit na naniwala
sa kapitan ng barko at sa may-ari ng barko kaysa sa mga
sinasabi ni Pablo. 12 At dahil sa hindi mabuting hintuan ang
daungan sa taglamig, ang nakararami ay nagpayo upang
maglayag din mula roon baka sakaling sa anumang paraan,
sila ay makarating sa Fenix upang doon magtaglamig sa
daungan ng Creta na nakaharap sa dakong timog-kanluran at
hilagang-kanluran.

27:3
Mat 11:21
27:7
Tit 1:5

Ang Malakas na Bagyo

13 Ngunit nang dahan-dahang umihip ang hangin mula sa
timog, at sa pag-aakalang maisagawa na nila ang kanilang
layunin, sila ay namaybay malapit sa Creta nang naitaas nila
ang angkla♦. 14 Ngunit hindi nagtagal, humampas sa kaniya ang
malakas na unos na tinatawag na Euroclidon. 15 Nang inabutan
ang barko at dahil hindi na makasalungat sa hangin, hinayaan
namin ito at kami ay naipadpad. 16 Nang kami ay nakapagkubli
sa isang maliit na pulo na tinatawag na Clauda, halos wala na
kaming lakas upang isampa ang bangkang-pangkagipitan*.
17 Nang ito ay naisampa, gumamit sila ng mga lubid upang
talian ang ilalim ng barko. At sa takot na baka masadsad sa
Sirte, ibinaba nila ang mga layag, sa gayon sila ay naipadpad.
18 Ngunit dahil kami ay labis na hinahampas ng malakas na
bagyo, kinabukasan, isinagawa nila ang pagtatapon ng lulan
mula sa barko. 19 At sa ikatlong araw, itinapon namin ang
kagamitan ng barko sa pamamagitan ng aming mga kamay.
20 Ngunit dahil hindi sumikat ang araw, ni ang mga bituin sa
loob ng maraming araw, at dahil sa malakas na bagyo ang
dumaan sa amin, ang lahat ng pag-asa na kami ay maliligtas pa
ay nawawala na.

27:14 Mar 4:37
27:23 Rom 1:9; 2Ti 4:17
27:25 Rom 4:20-21

21 At yamang matagal na silang hindi kumakain, si Pablo ay
tumayo sa kanilang kalagitnaan at sinabi, "Mga ginoo, dapat
nga kayong nakinig sa akin na hindi naglayag mula sa Creta
para danasin pa ang pinsala at kawalang ito. 22 Kaya ngayon
ay pinapayuhan ko kayo na lakasan ninyo ang inyong loob
sapagkat wala kahit na isang buhay ang mapapahamak sa inyo
kundi ang barko lamang, 23 sapagkat sa gabing ito ay tumayo
sa tabi ko ang isang anghel ng Diyos na siyang nagmamay-ari
sa akin at aking pinaglilingkuran. 24 Sinabi niya, 'Pablo, huwag
kang matakot. Kinakailangang humarap ka kay Cesar♦. Narito,
ipinagkaloob sa iyo ng Diyos ang lahat niyaong mga kasama
mo sa paglalayag.' 25 Kaya mga ginoo, magalak kayo sapagkat
sumasampalataya ako sa Diyos na ito ay mangyayari ayon sa
paraan kung paano ito sinabi sa akin. 26 Subalit kailangang tayo
ay maipadpad sa isang pulo."

Nawasak ang Barko

27 Ngunit nang dumating ang ikalabing-apat na gabi, habang
kami ay ipinapadpad ng hangin paroo't parito sa Adriatico,
nang maghahatinggabi na, inakala ng mga mandaragat na
papalapit na sila sa isang lupain. 28 Kaya kanilang sinukat at
nalaman nilang kulang ng kaunti sa dalawampung dipa° ang

* **27:16** *bangkang-pangkagipitan*: Ito ay bangkang maliit na ginagamit upang lisanin ang barko kung ito ay nasa kagipitan (tingnan ang talatang 30 at 32).

lalim. Ngunit nang nakalayo sila ng kaunti at muli nilang
sinukat, nalaman nilang may labinlimang dipa na ang lalim.
29 At dahil sa takot na baka kami ay masadsad sa mabatong
lugar, inihulog nila ang apat na angkla mula sa hulihan ng
barko at sila ay naghangad na mag-umaga na. 30 Ngunit nang
ang mga mandaragat ay nagsumikap na tumakas sa barko,
at nang naibaba nila sa dagat ang bangkang-pangkagipitan,
sa pagkukunwaring malapit na nilang maihulog ang angkla
sa unahan, 31 sinabi ni Pablo sa senturion at sa mga kawal,
"Maliban na ang mga ito ay mananatili sa barko, kayo ay hindi
makakaligtas." 32 Kaya pinutol ng mga kawal ang mga lubid ng
bangkang-pangkagipitan at ito ay kanilang hinayaang mahulog.

33 Ngunit nang mag-uumaga na, isinamo ni Pablo na
tumanggap ng pagkain ang lahat na sinasabi, "Ikalabing-apat
na araw na ngayon ng inyong paghihintay na hindi kumakain
at patuloy kayong walang tinatanggap na anuman. 34 Dahil
dito, isinasamo ko sa inyo na kayo ay tumanggap ng pagkain
dahil ito ay para sa inyong sariling kaligtasan sapagkat walang
malalaglag kahit isang buhok mula sa ulo ng sinuman sa
inyo." 35 At pagkasabi niya ng mga bagay na ito ay kumuha
siya ng tinapay at nagpasalamat sa Diyos sa harapan ng lahat.
Pagkatapos niya itong pagputol-putulin, siya ay nagsimulang
kumain. 36 At ang lahat ay nagalak at sila ay kumuha ng
pagkain. 37 Kaming lahat na nasa barko ay dalawandaan
at pitumpu't anim na kaluluwa. 38 At nang sila ay nabusog,
pinagaan nila ang barko sa pamamagitan ng pagtatapon ng
trigo sa dagat.

39 At nang mag-umaga na, hindi nila nakikitang lubos ang
lupain, ngunit napagmamasdan nila ang isang look na may
baybayin. Ito ang kanilang pinag-usapan, kung maaari nilang
maidaong ang barko roon. 40 Nang naputol nila ang lubid
ng mga angkla, iniwan nila ang mga ito sa dagat. Kasabay
ng pagkalag nila ng mga taling-pamihit ng mga timon at
ng pagtaas ng layag sa hangin, tinungo nila ang baybayin.
41 Ngunit nang kami ay dumating sa lugar na pinagsasalubungan
ng dalawang dagat, isinadsad nila ang barko. Kaya nga nang
tumukod ang unahang bahagi, ito ay nanatiling hindi makilos
ngunit ang hulihang bahagi ay nawasak sa pamamagitan ng
lakas ng mga alon.

42 At ang naging balak ng mga kawal ay patayin ang mga
bilanggo baka may makatakas sa pamamagitan ng paglangoy.
43 Ngunit sa pagnanais ng senturion na iligtas si Pablo, sila
ay kaniyang pinigil sa kanilang balak. At iniutos niya sa mga
may kakayanang lumangoy na mauna silang tumalon para
makarating sa lupa 44 at sa kanila naman na mga naiwan, ang

27:34
Mat 10:30
27:35
Mat 14:19
27:41
2Co 11:25

iba ay gumamit ng mga tabla at ang iba naman ay mga bagay na galing sa barko. At nangyari na sa ganitong paraan, silang lahat ay nakaligtas patungo sa lupa.

Ang Pagdaong sa Malta

28 Nang sila ay nakaligtas, noon nila nalaman na ang pulo ay tinatawag na Malta. **2** At ang mga barbaro♦ ang nagbigay sa amin ng hindi pangkaraniwang kabutihan sapagkat nang sila ay nagsiga, kaming lahat ay tinanggap nila dahil sa nagsimula na ang ulan at dahil sa ginaw. **3** At nang si Pablo ay nakaipon ng isang bigkis ng tuyong panggatong at nailagay ito sa apoy, lumabas ang isang ulupong dahil sa init at kumapit sa kaniyang kamay. **4** At nang nakita ng mga barbaro ang makamandag na hayop na nakabitin sa kaniyang kamay, sinabi nila sa isa't isa, "Walang pag-aalinlangan na ang lalaking ito ay mamamatay-tao, na kahit siya ay nakatakas sa dagat, siya ay hindi pinahintulutan ng katarungan upang mabuhay." **5** Kaya nga, ipinagpag niya sa apoy ang makamandag na hayop at siya ay walang naramdamang masama. **6** Ngunit sila ay naghintay na siya ay mamaga o mabuwal at biglang mamatay. Subalit pagkatapos ng kanilang matagal na paghihintay at wala silang nakitang masamang nangyari sa kaniya, nagbago ang kanilang isip at sinabi nila na siya ay isang diyos.

28:4 Mar 16:18; Luc 13:2
28:5 Luc 10:19
28:8 San 5:14

7 At sa paligid ng dakong iyon ay may mga lupain ang pangulo ng pulo. Ang kaniyang pangalan ay Publio. Siya ang tumanggap sa amin at tatlong araw niya kaming pinatuloy na may kagandahang-loob. **8** At nangyari na ang ama ni Publio ay nakaratay at pinahihirapan ng lagnat at ng disinterya. Pumasok si Pablo at nanalangin, habang nakapatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya, siya ay kaniyang pinagaling. **9** Kaya nang ito ay nangyari, ang iba ring may mga karamdaman na nasa pulo ay lumapit at sila ay pinagaling. **10** Sila rin ay labis na nagparangal sa amin. At nang kami ay maglalayag na, ipinadala nila ang mga bagay na kinakailangan namin.

Dumating si Pablo sa Roma

11 Pagkatapos ng tatlong buwan ay naglayag kami sa isang barkong nagmula sa Alexandria na nagpalipas ng taglamig sa pulo. Ang sagisag nito ay ang Magkakambal na Diyos. **12** At nang dumaong kami sa Siracusa, kami ay nanatili roon ng tatlong araw. **13** Sa aming paglibot mula roon, kami ay nakarating sa Regio, at pagkaraan ng isang araw ay umihip ang hangin mula sa timog. Nang ikalawang araw, kami ay pumunta sa Putiole. **14** Nang nakatagpo kami ng mga kapatid doon, isinamo namin sa kanila na manatili kami ng pitong

araw. At sa gayon, kami ay pumunta sa Roma. 15At mula roon,
nang narinig ng mga kapatid ang mga bagay patungkol sa amin,
sila ay lumabas upang salubungin kami kahit hanggang sa
Pamilihan ng Appio at sa Tatlong Bahay-panuluyan. Nang sila
ay nakita ni Pablo, siya ay nagpasalamat sa Diyos at nagkaroon
siya ng lakas ng loob.
16Nang kami ay nakarating sa Roma, ibinigay ng senturion
ang mga bilanggo sa pinunong kawal. Subalit si Pablo ay
pinahintulutan na manatiling mag-isa kasama ang kawal na
nagbabantay sa kaniya.

Binantayan si Pablo Habang Nangangaral

17At nangyari na pagkaraan ng tatlong araw, tinawag ni
Pablo ang mga pinuno ng mga Judio upang magkatipon. At
nang sila ay nagkatipon, sinabi niya sa kanila, “Mga ginoo
at mga kapatid, ako ay walang ginawang anumang laban
sa mga tao, o sa mga kaugalian ng mga ninuno. Ako ay
bilanggong mula sa Jerusalem na ibinigay sa mga kamay ng
mga mamamayan ng Roma. 18Nang ako ay nasiyasat nila, ako
ay binalak nilang palayain sapagkat walang anumang dahilan
na nasa akin na nararapat sa kamatayan. 19Ngunit nang ito
ay tinutulan ng mga Judio, napilitan akong dumulog kay
Cesar♦, hindi dahil sa mayroon akong anumang pagpaparatang
laban sa aking bansa. 20Kaya dahil sa paratang na ito, ako ay
nagsumamo upang kayo ay makita at makausap sapagkat alang-
alang sa pag-asa ng Israel ay nagagapos ako ng tanikalang ito.”
21Ngunit sinabi nila sa kaniya, “Kami ay hindi tumanggap
kahit sulat na galing sa Judea patungkol sa iyo, ni sinuman
sa mga kapatid na dumating ang nagbalita o nagsalita ng
anumang masama patungkol sa iyo. 22Ngunit ibinibilang
naming mahalaga na marinig mula sa iyo kung ano ang iniisip
mo sapagkat totoong alam namin na sa lahat ng dako ay
sinasalungat ang pangkat na ito.”
23At nang sila ay nakapagtakda ng araw sa kaniya, marami
ang pumaroon sa kaniyang tinutuluyan. Siya ay nagpaliwanag
sa kanila sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa paghahari ng
Diyos at sila ay hinihimok niya patungkol kay Jesus, mula
sa Kautusan ni Moises at sa mga Propeta, magmula umaga
hanggang sa gabi. 24Ang ilan ay naniwala nga sa mga bagay
na sinasabi niya, ngunit ang ilan ay hindi naniwala. 25At dahil
sila ay hindi nagkasundo sa isa't-isa, sila ay umalis pagkasabi
ni Pablo ng isang pananalita, “Tama ang sinabi ng Banal na
Espiritu patungkol sa ating mga ninuno sa pamamagitan ni
Propeta Isaias, 26na sinasabi, ‘Pumunta ka sa mga taong ito
at sabihin mo, “Sa pakikinig ay makakarinig kayo ngunit

28:23 Mat 3:2
28:25 Heb 3:7

hinding-hindi kayo makakaunawa, at sa pagmamasid ay
magmamasid kayo ngunit hinding-hindi kayo makakatalos.
27 Ito ay sapagkat kumapal ang puso ng mga taong ito, at
pumurol sa pakikinig ang kanilang mga tainga, at ipinikit nila
ang kanilang mga mata. Kung hindi gayon, makakakita ang
kanilang mga mata, makakarinig ang kanilang mga tainga,
makakaunawa ang kanilang mga puso, at manunumbalik, at
pagagalingin ko sila." '

Isa 6:9-10

28:27 Mat 13:15
28:28 Luc 2:30-31
28:31 Mat 4:23

28 "Kaya ito ay dapat ninyong malaman na ang kaligtasan ng
Diyos ay ipinadala sa mga Gentil at sila ay makikinig." **29** At
pagkasabi niya ng mga bagay na ito, umalis ang mga Judio na
may malaking pagtatalo sa kanilang mga sarili.

30 At si Pablo ay nanatili ng dalawang buong taon sa bahay na
inuupahan niya at tinatanggap niya silang lahat na pumupunta
sa kaniya. **31** At ipinapangaral niya ang paghahari ng Diyos at
itinuturo niya ang patungkol sa Panginoong Jesu-Cristo, na may
buong katapangang hindi mahahadlangan.

ANG SULAT NI APOSTOL PABLO SA MGA TAGA-ROMA

Sumulat: Pablo
Para Kanino: Sa mga mananampalatayang nasa Roma
Taon: A.D. 56

Panimulang Salita sa Sulat sa Mga Taga-Roma

Ang Imperyo ng Roma ay nangibabaw sa Mediteraneo sa panahon ng Bagong Tipan at ang malaking lungsod ng Roma ay ang kabisera ng imperyong iyon. Sa gitna ng dakilang lungsod na ito, ang Diyos ay nagtatag ng isang matibay na iglesiya, at si apostol Pablo ay nanabik na pumunta roon (15:23). Ngunit sa katapusan, siya ay dumating doon noong A.D. 60 na isang bilanggo ng Roma.

Ang ibang mga sulat ni Pablo ay para sa mga iglesiya na kaniyang nadalaw ngunit ang sulat na ito ay para sa iglesiya na hindi niya nadalaw. Hindi siya ang nagsimula ng iglesiyang ito. Maaari na ang ilan sa mga Judio na pumunta sa Jerusalem mula sa Roma ay tumanggap kay Cristo noong araw ng Pentecostes (Gaw 2:10). Sila ay bumalik sa kanilang mga tahanan sa Roma at bumuo ng isang iglesiya. Dagdag pa rito, yamang kilala ni Pablo ang marami sa mga mananampalataya na naroroon (Rom 16), ang ilan ay maaaring mga naligtas sa pamamagitan ng kaniyang paglilingkod nang siya ay nasa ibang mga rehiyon.

Ito ay sinulat ni Pablo pagkatapos ng kaniyang paglilingkod sa Macedonia at Acaya (15:22-33). Sa lalong madaling panahon ay bumalik siya sa Jerusalem upang ibigay sa mga mahihirap na mananampalataya ang salapi na kaniyang nalikom mula sa mga iglesiya ng mga Gentil. Maaaring ito ay isinulat ni Pablo sa panahon ng A.D. 56, nang patapos na ang kaniyang tatlong-buwang paglilingkod sa Corinto (Gaw 20:3).

Itinuturo ni Pablo sa sulat na ito ang karamihan sa mahahalagang katuruan ng Cristianismo. Ipinapaliwanag niya dito kung paano maaaring matanggap ng makasalanang tao ang katuwiran ng Diyos sa pamamagitan ng ebanghelyo. Ipinapaliwanag niya kung paano hinahatulan ng Diyos ang lahat ng tao (kabanatang 1-3), kung paano pinawalang-sala ng Diyos ang lahat ng sumampalataya kay Cristo (kabanatang 4-5), kung paano pinaging-banal ng Diyos ang lahat ng sumampalataya kay Cristo (kabanatang 6-8), kung gaano kadakila ang karunungan ng Diyos sa pagpili sa Israel (kabanatang 9-11), at kung paano ipamuhay ng lahat ng sumampalataya ang matuwid na pamumuhay (kabanatang 12-16). Tunay nga na ang ebanghelyo ay "ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng bawat isang sumasampalataya" (1:16).

Balangkas ng Sulat sa Mga Taga-Roma:

Panimulang Salita (*1:1-17*)
I. Hinahatulan ng Diyos ang lahat ng tao dahil sila ay makasalanan (*1:18-3:31*).
II. Pinapawalang-sala ng Diyos ang lahat ng sumasampalataya kay Cristo (kabanatang 4-5).
III. Pinapaging-banal ng Diyos ang lahat ng sumasampalataya kay Cristo (kabanatang 6-8).
IV. Ipinapakita ng Diyos ang kaniyang dakilang karunungan sa pagpili sa Israel (kabanatang 9-11).
V. Inaasahan ng Diyos na ang lahat ng sumampalataya ay mamuhay nang matuwid (*12:1-15:13*).
Pangwakas (*15:14-16:27*)

1 Si Pablo, ang alipin ni Jesu-Cristo ay tinawag ng Diyos na
maging apostol at ibinukod para sa ebanghelyo ng Diyos,
2 na kaniyang unang ipinangako sa pamamagitan ng kaniyang
mga propeta sa mga Banal na Kasulatan♦, 3 patungkol sa
kaniyang Anak na nagmula sa lahi ni David ayon sa laman.
4 Siya na itinalaga na Anak ng Diyos, na may kapangyarihan
ayon sa Espiritu ng kabanalan sa pamamagitan ng muling
pagkabuhay mula sa mga patay, ay si Jesu-Cristo na ating
Panginoon. 5 Sa pamamagitan niya ay tumanggap kami
ng biyaya at pagiging apostol sa lahat ng mga bansa para
sa pagsunod sa pananampalataya alang-alang sa kaniyang
pangalan, 6 na sa mga ito ay tinawag din kayo na na kay
Jesu-Cristo.

7 Sa lahat ng nasa Roma na mga inibig ng Diyos at tinawag
na mga banal, sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa
Diyos na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo.

Nananabik si Pablo na Makadalaw sa Roma

8 Una sa lahat nga ay nagpapasalamat ako sa aking Diyos
sa pamamagitan ni Jesu-Cristo alang-alang sa inyong lahat
dahil ang inyong pananampalataya ay naipapamalita sa
buong sanlibutan, 9 sapagkat ang Diyos ang aking saksi, na
aking pinaglilingkuran sa aking espiritu sa ebanghelyo ng
kaniyang Anak, kung paano ko kayo binabanggit nang walang
patid sa aking mga panalangin. 10 Palagi kong hinihiling sa
aking panalangin na sa anumang paraan, sa pagkakataong
iyon, ay magkaroon ako ng matagumpay na paglalakbay
upang makapunta patungo sa inyo ayon sa kalooban ng
Diyos 11 sapagkat ako ay nananabik na makita kayo upang
mabahaginan ko kayo ng ilang espirituwal na kaloob na siyang
magpapatatag sa inyo, 12 at ito ay upang mapalakas ang aking
loob kasama kayo sa pamamagitan ng pananampalataya ng
bawat isa, na kapwa nasa inyo at nasa akin.

13 Mga kapatid, ibig kong malaman ninyo na ilang ulit na
akong nagbalak pumunta sa inyo upang magkaroon din ako
ng ilang bunga sa inyo katulad din naman sa ibang mga bansa,
ngunit ako ay nahahadlangan hanggang sa ngayon. 14 Ako ay
may pagkakautang, kapwa sa mga Griyego at sa mga barbaro♦,
kapwa sa mga matatalino at sa mga mangmang. 15 Kaya ako ay
labis na nananabik na ipangaral ang ebanghelyo sa inyo rin na
nasa Roma.

16 Sapagkat hindi ko ikinakahiya ang ebanghelyo ni Cristo
dahil ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng bawat
isang sumasampalataya, una, sa mga Judio at gayundin sa mga
Griyego, 17 dahil sa ebanghelyo ay nahayag ang katuwiran ng

1:1 Gaw 9:15; 1Co 1:1; 2Co 2:12
1:2 Luc 1:70; Gaw 13:32; Tit 1:2
1:3 Mat 1:1; Jua 1:14
1:4 Mat 4:3
1:5 Gaw 6:7; 9:15
1:6 Jud 1:1; Pah 17:14
1:7 Gaw 9:13; 1Co 1:3; Efe 1:2; 1Te 1:4
1:8 1Co 1:4; Efe 1:16; 1Te 2:13
1:9 Flp 1:8; 2Ti 1:3
1:10 Luc 18:1; Gaw 1:14; Efe 1:16; Flp 1:4; Col 1:9; 2Te 1:11; 2Ti 1:3; Flm 1:4
1:11 1Co 1:7
1:14 1Co 9:16
1:16 Jua 3:15; 1Co 1:18; 2Ti 1:8
1:17 Gal 3:11; Flp 3:9; Heb 10:38

Diyos mula sa pananampalataya patungo sa pananampalataya
ayon sa nasusulat, “Ang matuwid ay mabubuhay sa
pamamagitan ng pananampalataya.”

Hab 2:4

Ang Poot ng Diyos sa Kasalanan

18 Sapagkat ang poot ng Diyos ay nahayag mula sa langit
laban sa lahat ng hindi pagiging makadiyos at sa kalikuan ng
mga tao na siyang pumipigil sa katotohanan sa pamamagitan
ng kalikuan. **19** Dahil dito, ang maaaring malaman mula sa
Diyos ay maliwanag sa kanila sapagkat inihayag ito ng Diyos
sa kanila, **20** dahil simula pa sa paglikha ng sanlibutan, ang mga
bagay na hindi nakikita mula sa Diyos ay malinaw na nakikita
at nauunawaan sa pamamagitan ng kaniyang mga gawa, kahit
ang kaniyang walang hanggang kapangyarihan at pagka-Diyos,
upang sila ay walang maidadahilan. **21** Sapagkat bagaman
nakilala nila ang Diyos, siya ay hindi nila niluwalhati bilang
Diyos, ni pinasalamatan siya. Sa halip, sila ay naging walang
kabuluhan sa kanilang mga kaisipan at ang kanilang puso
na walang pang-unawa ay naging kadiliman. **22** Sa kanilang
pagsasabi na sila ay matatalino, sila ay naging mga mangmang.
23 At kanilang pinalitan ang kaluwalhatian ng Diyos na hindi
nasisira sa anyo na katulad ng tao na nasisira, at ng mga ibon,
at ng mga hayop na may apat na paa at ng mga hayop na
gumagapang.

24 Kung kaya sila ay hinayaan ng Diyos sa kahalayan ayon
sa pagnanasa ng kanilang mga puso upang ipahiya nila ang
kanilang mga katawan sa isa't isa. **25** Sila ang nagpalit ng
katotohanan ng Diyos sa kasinungalingan, at kanilang sinamba
at pinaglingkuran ang nilikha kaysa sa kaniya na lumikha na
siyang kapuri-puri magpakailanman. Siya nawa.

26 Dahil dito, hinayaan sila ng Diyos sa mahalay na
pagnanasa, sapagkat maging ang kanilang mga kababaihan
ay pinalitan ang likas na paggamit ng katawan na salungat sa
kalikasan, **27** at gayundin ang mga kalalakihan sa pag-iwan nila
ng likas na paggamit sa mga babae ay nag-aalab ang kanilang
pita sa isa't isa. Ang mga lalaki ay nagsasagawa ng kahihiyan sa
kapwa lalaki, kaya tinatanggap nila ang kaparusahang karapat-
dapat sa kanilang mga tiwaling gawa.

28 At dahil sa hindi nila pagpasya na panatilihin ang
pagkilala sa Diyos, sila ay hinayaan ng Diyos sa walang
kabuluhang kaisipan upang kanilang gawin ang mga bagay
na hindi karapat-dapat. **29** Sila ay puno ng lahat ng kalikuan,
pakikiapid, kasamaan, kasakiman, masamang hangarin, labis
na pagkainggit, pagpatay, paglalaban-laban, panlilinlang,

1:18 Jua 3:36; Efe 5:6; Col 3:6; 1Te 1:10; Pah 19:15
1:19 Gaw 14:17
1:21 Efe 4:17-18
1:22 1Co 1:20,27
1:23 Gaw 17:29
1:24 Efe 4:19; 1Pe 4:3
1:25 2Co 11:31
1:26 Efe 4:19; 1Te 4:5
1:27 1Co 6:9
1:29 1Ti 5:13; 3Jn 1:10

pamiminsala at pagsisitsit*, 30mga mapanirang-puri, napopoot
sa Diyos, mga mapanlait, mga mapagmalaki, mga mayabang,
mga mapaglikha ng masamang mga bagay, mga masuwayin
sa mga magulang, 31mga walang pang-unawa, mga hindi
tumutupad sa usapan, mga walang likas na pagmamahal, mga
hindi nagpapatawad at mga walang awa; 32bagaman nalalaman
nila ang matuwid na kahatulan ng Diyos, na ang mga
gumagawa ng ganitong mga bagay ay nararapat ng kamatayan,
hindi lamang sila na ginagawa ang mga ito, kundi maging ang
mga sumasang-ayon sa mga gumagawa ng mga ito.

Ang Matuwid na Hatol ng Diyos

2 O ikaw na tao, dahil dito ay wala kang maidadahilan,
sino ka man na humahatol sa iba sapagkat sa paghatol mo
sa iba ay hinahatulan mo rin ang iyong sarili dahil ikaw na
humahatol ay gumagawa ng gayon ding mga bagay. 2Ngunit
alam natin na ang hatol ng Diyos sa mga gumagawa ng gayong
mga bagay ay ayon sa katotohanan. 3At iniisip mo ba ito na
ikaw ay makakatakas sa hatol ng Diyos, O ikaw na tao na
siyang humahatol sa kanila na gumagawa ng gayong mga
bagay ngunit gumagawa rin ng gayon? 4O binabaliwala mo
ba ang kasaganaan ng kaniyang kabutihan at ng kaniyang
kahinahunan at ng kaniyang pagtitiis, sa pamamagitan ng iyong
hindi pagkilala na ang kabutihan ng Diyos ay gumagabay sa
iyo patungo sa pagsisisi? 5Ngunit ayon sa iyong katigasan at sa
hindi nagsisising puso, ikaw ay nag-iipon ng poot para sa iyong
sarili sa araw ng poot at ng kapahayagan ng matuwid na hatol
ng Diyos 6na siyang magbibigay ng ganti sa bawat isa ayon sa
kaniyang mga gawa: 7buhay na walang hanggan para sa kanila
na sa pamamagitan nga ng matiyagang paggawa ng mabuti ay
naghahanap ng kaluwalhatian, at ng karangalan at ng walang
kabulukan, 8ngunit labis na galit at poot para sa kanila dahil
sa pakikipagtunggali at hindi nga pagsunod sa katotohanan
subalit sumusunod sa kalikuan. 9Sa bawat kaluluwa ng tao
na gumagawa ng masama ay paghihirap at kabalisahan, una
sa mga Judio at gayundin sa mga Griyego, 10ngunit sa bawat
isang gumagawa ng mabuti ay kaluwalhatian at karangalan at
kapayapaan ang gantimpala, una sa mga Judio at gayundin sa
mga Griyego 11sapagkat sa Diyos ay walang pagtatangi ng tao.
12Sapagkat ang sinumang nagkasala na hindi sa ilalim
ng kautusan ay mapapahamak din na hindi sa ilalim ng
kautusan, at ang sinumang nagkasala sa ilalim ng kautusan
ay hahatulan sa pamamagitan ng kautusan. 13Sapagkat hindi

1:30 2Ti 3:2
1:31 2Ti 3:3
1:32 Luc 11:48; Gaw 8:1
2:1 Mat 7:1-2
2:4 Efe 1:7,18; 1Pe 3:15; 2Pe 3:9
2:5 Jud 1:6; Pah 6:17
2:6 Mat 16:27
2:7 Mat 25:46; 1Co 15:53-54; 2Ti 1:10
2:8 2Te 2:12
2:11 Gaw 10:34
2:12 1Co 9:20-21; Gal 4:21
2:13 San 1:22-23,25

* **1:29** *pagsisitsit*: Ito ay ang walang pigil na pagdadala ng lahat ng uri ng usapin.

ang mga tagapakinig ng kautusan ang siyang matuwid sa
paningin ng Diyos kundi ang mga tumutupad sa kautusan
ang mapapawalang-sala. **14**Sapagkat kapag ang mga Gentil♦
na walang kautusan ay gumagawa ayon sa kalikasan ng mga
bagay na nasa kautusan, sila na walang kautusan, ang mga ito
ay nagiging kautusan sa kanilang sarili. **15**Ang mga ito ang
nagpapakita ng gawa ng kautusan na nakasulat sa kanilang mga
puso, na pinatotohanan din ng kanilang budhi, at ang isipan
ng bawat isa ang umuusig o kaya ang nagtatanggol sa kanila
16sa araw na hahatulan ng Diyos ang mga lihim ng mga tao sa
pamamagitan ni Jesu-Cristo ayon sa ebanghelyo na ipinangaral
ko.

Ang mga Judio at ang Kautusan

17Narito, ikaw ay tinatawag na Judio at nagtitiwala sa
Kautusan, at nagmamalaking nasa Diyos **18**at nakakaalam
ng kaniyang kalooban at sinasang-ayunan ang mga bagay
na higit na mabuti dahil naturuan ka sa Kautusan, **19**at may
tiwala ka sa iyong sarili na ikaw ay tagaakay ng mga bulag,
liwanag ng mga nasa kadiliman, **20**tagapagturo ng mga
mangmang at guro ng mga sanggol, na tinataglay ang anyo
ng kaalaman at ng katotohanan ng kautusan. **21**At ikaw na
nagtuturo sa iba, hindi mo ba tinuturuan ang iyong sarili?
Ikaw na nangangaral na huwag magnakaw, nagnanakaw ka ba?
22Ikaw na nagsasabi, "Huwag mangalunya," nangangalunya ka
ba? Ikaw na nasusuklam sa mga diyos-diyosan, ninanakawan
mo ba ang templo♦? **23**Ikaw na nagmamalaki patungkol sa
kautusan, nilalapastangan mo ba ang Diyos dahil sa paglabag
mo sa kautusan? **24**Sapagkat "ang pangalan ng Diyos ay
nalalapastangan sa mga Gentil dahil sa inyo,"

Isa 52:5; Eze 36:22

katulad ng nasusulat.

25Sapagkat ang pagtutuli nga ay napapakinabangan kapag
tinutupad mo ang Kautusan, ngunit kapag ikaw ay maging
tagasuway ng Kautusan, ang iyong pagtutuli ay naging hindi
pagtutuli. **26**Kaya kapag ang hindi pagtutuli ay tumutupad sa
mga alituntunin ng Kautusan, hindi nga ba maibibilang na
pagtutuli ang kaniyang di-pagtutuli? **27**At hindi ba ang hindi
pagtutuli ayon sa kalikasan, na tumutupad sa Kautusan, ang
hahatol sa iyo na siyang tagasuway ng Kautusan dahil sa sulat
at pagtutuli? **28**Sapagkat hindi Judio yaong nasa panlabas na
anyo, o nasa pagtutuli yaong nasa panlabas na laman, **29**ngunit
ang isang Judio ay siya na nasa kalooban at ang pagtutuli ay
nasa puso, sa espiritu at hindi sa sulat, na ang papuri ay hindi
mula sa tao kundi mula sa Diyos.

2:14 Gaw 10:35
2:16 Gaw 10:42; 1Co 4:5; 2Ti 2:8
2:17 Jua 5:45
2:21 Mat 23:3-4
2:22 Gaw 19:37
2:24 2Pe 2:2
2:25 Gal 5:3
2:26 1Co 7:19
2:27 Mat 12:41-42
2:28 Mat 3:9; Jua 8:39; Gal 6:15
2:29 Jua 5:44; 1Co 4:5; 2Co 3:6; 10:18; Gal 1:10; Flp 3:3; Col 2:11; 1Te 2:4

3 Ano nga ang kalamangan ng pagiging Judio? O ano ang
pakinabang ng nasa pagtutuli? 2 Marami, sa lahat ng
paraan. Una sa lahat, sapagkat sa kanila nga ipinagkatiwala
ang mga salita ng Diyos. 3 Sapagkat paano kung ang ilan
ay hindi sumampalataya? Mapapawalang-bisa ba ang
katapatan ng Diyos sa kanilang hindi pagsampalataya?
4 Huwag nawang mangyari! Sa halip, hayaan ang Diyos
ang maging totoo at ang bawat tao ay sinungaling kagaya
ng nasusulat, "Upang ikaw ay mapaging-matuwid sa iyong
mga pananalita at ikaw ay makakapanaig sa panahon na
ikaw ay hahatulan."

Awi 51:4

5 Ngunit kung ang ating kalikuan ay nagpapakita ng
katuwiran ng Diyos, ano ang sasabihin natin? Hindi ba
matuwid ang Diyos sa pagganti ng poot? (Sinasabi ko ito
bilang tao.) 6 Huwag nawang mangyari! Sapagkat kung
gayon, paano hahatulan ng Diyos ang sangkatauhan?
7 Dahil kung sa pamamagitan ng aking kasinungalingan
ang katotohanan ng Diyos ay sumagana para sa kaniyang
kaluwalhatian, bakit pa ako hahatulan bilang makasalanan?
8 At bakit hindi na lang sabihin kagaya ng paninirang
puri sa atin ng iba na sinasabi raw natin, "Gumawa tayo
ng masama upang dumating ang mabuti"? Ang kanilang
kahatulan ay nararapat.

3:2 Gaw 7:38
3:3 2Ti 2:13; Heb 4:2
3:4 Jua 3:33
3:5 Gal 3:15
3:9 Gal 3:22

Walang Matuwid Kahit Isa

9 Ano kung gayon? Tayo bang mga Judio ay nakahihigit?
Hindi, sa anumang paraan. Sapagkat napatunayan na
namin noong una pa, na ang lahat ay nasa ilalim ng
kasalanan kapwa ang mga Judio at mga Griyego.
10 Ayon sa nasusulat, "Walang matuwid, wala kahit isa.
11 Wala ni isang nakakaunawa, wala ni isang masikap na
naghahanap sa Diyos. 12 Ang lahat ay lumayo sa kaniya,
sila ay sama-samang naging walang pakinabang. Wala ni
isang gumagawa ng mabuti, wala kahit isa."

Awi 14:1-3; 53:1-3

13 "Ang kanilang lalamunan ay bukas na puntod. Ang
kanilang mga dila ay ginagamit sa pandaraya."

Awi 5:9

"Ang kamandag ng mga ulupong ay nasa ilalim ng
kanilang mga labi."

Awi 140:3

14 "Ang kanilang mga bibig ay puno ng pagsumpa at
kapaitan."

Awi 10:7

15 "Ang kanilang mga paa ay mabilis para sa pagbuhos ng
dugo. 16 Pagkawasak at paghihirap ang nasa kanilang mga
landas. 17 At hindi nila alam ang landas ng kapayapaan."
Kaw 1:16; Isa 59:7-8

18 "Walang pagkatakot sa Diyos sa kanilang mga paningin."
Awi 36:1

19 Ngayon ay alam na natin na ang anumang sinasabi ng
kautusan ay sinasabi sa kanila na nasa ilalim ng kautusan
upang ang bawat bibig ay matigil at ang buong sanlibutan ay
mapasailalim sa paghatol ng Diyos. 20 Kaya sa pamamagitan ng
mga gawa ng Kautusan ay hindi mapapawalang-sala ang lahat
ng mga tao sa harapan niya sapagkat ang pagkilala sa kasalanan
ay sa pamamagitan ng Kautusan.

Pinawalang-sala sa Pamamagitan ng Pananampalataya

21 Ngunit ngayon ay inihayag ang katuwiran ng Diyos na
hiwalay sa Kautusan na pinatotohanan ng Kautusan at ng mga
Propeta. 22 At ang katuwiran ng Diyos ay sa pamamagitan ng
pananampalataya kay Jesu-Cristo para sa lahat at sa kanilang
lahat na sumasampalataya, dahil walang pagkakaiba 23 sapagkat
ang lahat ay nagkasala at hindi nakakaabot sa kaluwalhatian
ng Diyos. 24 Sila ay pinapawalang-sala na walang bayad sa
kaniyang biyaya, sa pamamagitan ng katubusan na na kay
Cristo Jesus 25 na siyang itinalaga ng Diyos na kasiya-siyang
handog sa pamamagitan ng pagsampalataya sa kaniyang dugo,
upang ipakita ang kaniyang katuwiran sapagkat ipinagpaliban
niya ang kahatulan sa mga nakalipas na kasalanan 26 sa
pamamagitan ng kahinahunan ng Diyos sa pagpapakita ng
kaniyang katuwiran sa kasalukuyang panahon upang siya
ay manatiling matuwid at tagapagwalang-sala sa kaniya na
sumasampalataya kay Jesus.

27 Kaya nasaan ang pagmamalaki? Ito ay hindi naisama.
Sa pamamagitan ba ng anong kautusan? Sa kautusan ba ng
mga gawa? Hindi kailanman, kundi ito ay sa pamamagitan ng
kautusan ng pananampalataya. 28 Kaya kinikilala namin na ang
tao ay pinapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya
na hiwalay sa mga gawa ng Kautusan. 29 O ang Diyos ba ay sa
mga Judio lamang at hindi nga ba siya ay Diyos din ng mga
Gentil? Oo, siya ay Diyos din ng mga Gentil. 30 Yamang isa
ang Diyos na magpapawalang-sala sa mga nasa pagtutuli sa
pamamagitan ng pananampalataya at sa mga nasa di-pagtutuli
sa pamamagitan ng pananampalataya, 31 pinapawalang-bisa rin
ba natin ang Kautusan sa pamamagitan ng pananampalataya?
Huwag nawang mangyari! Sa halip ay pinagtitibay natin ang
Kautusan.

3:20 Gaw 13:39; Gal 2:16
3:21 Gaw 10:43
3:22 Jua 3:15; Gal 2:16; 3:28; Col 3:11
3:24 Jua 1:14, 16; 1Co 1:30; 2Co 12:9; Gal 4:5; Efe 1:7,14; 2:8; Col 1:14; Tit 2:11; Heb 4:16; 9:12
3:25 Gaw 14:16; 20:28; Efe 1:7; Heb 2:17; 9:12,14; 1Pe 1:19; 1Jn 4:10; Pah 1:5
3:27 1Co 1:29-31; Efe 2:9
3:28 Gaw 13:39; Gal 2:16; Efe 2:9; San 2:20,24,26
3:29 Gaw 10:34-35; Gal 3:28
3:30 Gal 3:8

Pinaging-matuwid si Abraham

4 Ano ngayon ang sasabihin natin sa natagpuan ni
Abraham na ating ninuno ayon sa laman? **2** Dahil kung si
Abraham ay pinawalang-sala sa pamamagitan ng mga gawa,
siya ay mayroong ipagmamalaki ngunit hindi sa harap ng
Diyos. **3** Sapagkat ano ang sinasabi ng Kasulatan♦? "At si
Abraham ay sumampalataya sa Diyos at ito ay ibinilang sa
kaniya na katuwiran."

Gen 15:6

4 Ngunit sa kaniya na gumagawa, ang kabayaran ay hindi
ibinibilang na biyaya kundi ibinibilang na utang.
5 Subalit sa kaniya na hindi gumagawa ngunit
sumasampalataya sa kaniya na nagpapawalang-sala sa
mga hindi makadiyos, ang kaniyang pananampalataya ay
ibinibilang na katuwiran. **6** Gayundin naman ang sinasabi ni
David na pinagpala ang isang tao na ibinibilang ng Diyos sa
kaniya ang katuwiran na hiwalay sa mga gawa, **7** "Pinagpala
sila na mga pinatawad sa kanilang hindi pagkilala sa
kautusan at sila na ang kanilang mga kasalanan ay tinakpan.
8 Pinagpala ang tao na ang kaniyang kasalanan ay hinding-
hindi na ibibilang ng Panginoon."

Awi 32:1-2

9 Ito nga bang pagiging pinagpala ay para sa mga nasa
pagtutuli lamang o para rin sa mga nasa di-pagtutuli?
Sapagkat sinasabi natin na "ang pananampalataya ay
ibinilang na katuwiran kay Abraham."

Gen 15:6

10 Paano nga ito ibinilang? Ito ba ay nang siya ay nasa
pagtutuli o nang nasa di-pagtutuli? Hindi nang siya ay nasa
pagtutuli kundi nang nasa di-pagtutuli. **11** At tinanggap
niya ang tanda ng pagtutuli, na isang tatak ng katuwiran
ng pananampalataya na nasa kaniya nang siya ay nasa
di-pagtutuli, upang siya ay maging ama ng lahat ng mga
sumampalataya na hindi nasa pagtutuli upang ang katuwiran
ay ibilang din sa kanila, **12** at ama ng nasa pagtutuli, hindi
lamang sa kanila na nasa pagtutuli kundi sa kanila rin na
mga lumalakad sa mga yapak ng pananampalataya na nasa
ating amang si Abraham nang siya ay nasa di-pagtutuli.
13 Sapagkat ang pangako kay Abraham, o sa kaniyang
binhi na magmamana ng sanlibutan ay hindi sa
pamamagitan ng Kautusan kundi sa pamamagitan ng
katuwiran ng pananampalataya. **14** Sapagkat kung sila na
mula sa kautusan ang magiging mga tagapagmana, ang
pananampalataya ay napawalang kabuluhan at ang pangako
ay napawalang-bisa **15** dahil ang kautusan ay nagdudulot

4:1 Luc 3:8
4:2 1Co 1:31
4:3 Gal 3:6; San 2:23
4:8 2Co 5:19
4:11 Luc 3:8
4:13 Gaw 13:32; Gal 3:16,29
4:14 Gal 3:18
4:15 1Co 15:56; 2Co 3:7; Gal 3:10

ng galit sapagkat kung saan walang kautusan ay walang pagsalangsang.

16Dahil dito, ang pangako ay mula sa pananampalataya, upang ito ay maging ayon sa biyaya, upang ang pangako ay maging tiyak sa bawat binhi, hindi lamang sa kanila na nagmula sa kautusan kundi sa kanila rin na nagmula sa pananampalataya ni Abraham na siyang ama nating lahat **17**ayon sa nasusulat, "Itinalaga kitang ama ng maraming bansa"
Gen 17:5

sa harap ng Diyos na kaniyang sinampalatayanan, na siyang bumubuhay sa mga patay at siyang tumatawag na magkaroon ng mga bagay na wala pa. **18**Sa kawalan ng pag-asa, si Abraham ay sumampalataya na may pag-asa nang sa gayon siya ay maging ama ng maraming bansa ayon sa sinabi, "Magiging gayon ang iyong binhi."
Gen 15:5

19At dahil sa pananampalatayang hindi nanghihina, hindi niya itinuring na patay na ang kaniyang sariling katawan, yamang siya ay halos isandaang taon na, ni itinuring na patay na ang bahay-bata ni Sara. **20**At hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng hindi pagsampalataya, sa halip ay pinalakas siya sa pananampalataya na nagbibigay ng kaluwalhatian sa Diyos, **21**dahil lubos niyang natitiyak na magagawa ng Diyos ang kaniyang ipinangako. **22**Kung kaya "ito ay ibinilang sa kaniya na katuwiran."
Gen 15:6

23At ito ay hindi lamang isinulat dahil sa kaniya, na ito ay ibinilang sa kaniya, **24**kundi dahil din sa atin na ibinibilang na mga sumasampalataya sa Diyos na bumuhay kay Jesus na ating Panginoon mula sa mga patay, **25**na ibinigay upang mamatay dahil sa ating mga pagsalangsang at ibinangon para sa ating pagpawalang-sala.

4:16 Luc 3:8; Gal 3:16
4:17 Jua 5:21
4:19 Heb 12:11-12
4:20 Mat 4:8
4:21 Mat 19:26
4:24 1Co 9:10; 2Ti 3:16-17; 1Pe 1:21
4:25 1Co 6:11; 2Co 5:21
5:1 Luc 2:14
5:2 1Co 15:1; Efe 2:18; Heb 3:6
5:3 Mat 5:12; Heb 10:36
5:5 Jua 3:16; Gaw 2:33; Flp 1:20; Tit 3:5-6; Heb 3:6

Kapayapaan at Kagalakan

5 Kaya yamang tayo ay pinawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya, tayo ay mayroong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. **2**Sa pamamagitan din niya ay nagkaroon tayo ng paglapit sa biyayang ito sa pamamagitan ng pananampalataya kung saan tayo ay naninindigan at nagagalak sa pag-asa ng kaluwalhatian ng Diyos. **3**At hindi lamang gayon, kundi kahit sa paghihirap ay nagagalak tayo dahil alam na natin na ang paghihirap ay nagbubunga ng pagtitiis, **4**at ang pagtitiis ay nagbubunga ng subok na pag-uugali at ang subok na pag-uugali ay nagbubunga ng pag-asa. **5**At ang pag-asa ay hindi nagdudulot ng kahihiyan

sapagkat ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos na sa ating mga
puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na ipinagkaloob sa
atin.

6 Sapagkat nang tayo ay mahihina pa, si Cristo ay namatay
sa takdang panahon alang-alang sa mga hindi makadiyos 7 dahil
mahirap na ang isang tao ay mamatay alang-alang sa isang
tao na matuwid, subalit maaring ang isang tao ay maglakas-
loob na mamatay alang-alang sa isang mabuting tao. 8 Ngunit
ipinapakita ng Diyos ang kaniyang pag-ibig sa atin na nang
tayo ay mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay alang-alang
sa atin. 9 Higit pa rito, yamang tayo ngayon ay pinawalang-sala
sa pamamagitan ng kaniyang dugo, tayo ay maliligtas mula
sa poot sa pamamagitan niya. 10 Sapagkat nang tayo ay mga
kaaway pa, tayo ay ipinagkasundo sa Diyos sa pamamagitan
ng kamatayan ng kaniyang anak. Higit pa rito, dahil tayo ay
ipinagkasundo, tayo ay maliligtas sa pamamagitan ng buhay ng
kaniyang anak. 11 Hindi lamang gayon, sa halip ay nagagalak
din tayo sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-
Cristo na sa pamamagitan niya ay natamo natin ngayon ang
pakikipagkasundo.

5:6 Mar 1:15; Gal 4:4; Efe 1:10
5:8 Jua 3:16; 1Pe 3:18; 1Jn 3:16
5:10 2Co 5:18-19; Col 1:20-22; Heb 7:25
5:12 1Co 15:21-22
5:14 1Co 15:22,45
5:15 Gaw 15:11
5:17 Jua 10:10

Ang Buhay sa Pamamagitan ni Cristo

12 Kaya kung paanong pumasok ang kasalanan sa sanlibutan
sa pamamagitan ng isang tao, at sa pamamagitan ng kasalanan
ay pumasok ang kamatayan, sa gayunding paraan ay dumating
ang kamatayan sa lahat ng mga tao sapagkat ang lahat ay
nagkasala. 13 Sapagkat bago pa ibinigay ang kautusan, ang
kasalanan ay nasa sanlibutan na, ngunit ang kasalanan ay
hindi ibinibilang nang wala pa ang kautusan. 14 Subalit ang
kamatayan ay naghari mula kay Adan hanggang kay Moises
at sa kanila na hindi nagkasala katulad ng pagsalangsang ni
Adan na siyang larawan niyaong dumarating. 15 Ngunit ang
kaloob na biyaya ay hindi katulad sa pagsalangsang, sapagkat
kung sa pamamagitan ng pagsalangsang ng isa ay namatay ang
marami, lalong higit na sumagana ang biyaya ng Diyos at ang
kaloob sa pamamagitan ng biyaya ng isang tao na si Jesu-Cristo
para sa marami. 16 Subalit ang kaloob ay hindi katulad sa isang
nagkasala sapagkat ang hatol sa kasalanan ng isa ay nagdulot
ng kahatulan. Ngunit sa kabila ng maraming pagsalangsang,
ang kaloob na biyaya ay nagbunga ng pagpapawalang-sala.
17 Sapagkat kung sa pagsalangsang ng isang tao ay naghari
ang kamatayan sa pamamagitan ng isang tao, lalong higit sa
kanila na tumanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng
katuwiran, na maghahari sa buhay sa pamamagitan ng isa, si
Jesu-Cristo.

18 Kaya nga, kung paanong sa pagsalangsang ng isang tao
ay dumating ang kahatulan sa lahat ng mga tao, sa gayunding
paraan, sa pamamagitan ng gawa ng katuwiran ng isa ay
dumating sa lahat ng mga tao ang pagpapawalang-sala ng
buhay. 19 Sapagkat kung paanong sa pamamagitan ng pagsuway
ng isang tao ay naging makasalanan ang marami, sa gayunding
paraan, sa pamamagitan ng pagsunod ng isa ay mapapaging-
matuwid ang marami.
20 Subalit ang kautusan ay dumating upang dumami ang
pagsalangsang, ngunit kung saan dumarami ang kasalanan ay
lalong sumagana ang biyaya 21 upang kung paanong naghari
ang kasalanan patungo sa kamatayan, gayundin ang biyaya ay
maghahari sa pamamagitan ng katuwiran patungo sa buhay
na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ang ating
Panginoon.

Patay sa Kasalanan, Buhay kay Cristo

6 Ano ngayon ang sasabihin natin? Tayo ba ay magpapatuloy
sa kasalanan upang ang biyaya ay sumagana? 2 Huwag
nawang mangyari. Tayo na mga namatay sa kasalanan,
paano pa tayo mamumuhay sa kasalanan? 3 O hindi ba ninyo
nalalaman na ang lahat ng mga nabawtismuhan kay Cristo
Jesus ay nabawtismuhan sa kaniyang kamatayan? 4 Kaya tayo
ay inilibing na kasama niya sa pamamagitan ng bawtismo
sa kamatayan upang kung paanong ibinangon si Cristo mula
sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, sa
gayunding paraan ay dapat tayong lumakad sa panibagong
buhay.
5 Sapagkat kung tayo ay nakasama sa wangis ng kaniyang
kamatayan, magiging gayundin tayo sa kaniyang muling
pagkabuhay. 6 Yamang nalalaman natin na ang ating dating
pagkatao ay kasama niyang napako sa krus upang mapawalang-
bisa ang katawan ng kasalanan, wala ng dahilan upang tayo ay
magiging alipin pa ng kasalanan 7 sapagkat siya na namatay ay
pinalaya na mula sa kasalanan. 8 Kaya kung tayo ay namatay
kasama ni Cristo, tayo ay sumasampalataya na mabubuhay
rin tayong kasama niya. 9 Nalalaman natin na nang ibinangon
si Jesu-Cristo mula sa mga patay ay hindi na siya kailanman
mamamatay. Ang kamatayan ay hindi na maghahari sa kaniya
10 sapagkat sa kamatayang kaniyang ikinamatay, siya ay
minsanang namatay para sa kasalanan at sa buhay na kaniyang
ikinabubuhay, siya ay nabubuhay sa Diyos. 11 Gayundin naman
kayo, ibilang ninyo ang inyong mga sarili na patay nga sa
kasalanan, ngunit kayo ay nabubuhay sa Diyos sa pamamagitan
ni Cristo na ating Panginoon.

5:19 Flp 2:8
5:20 Gal 3:19; 1Ti 1:13-14
5:21 Mat 25:46
6:2 Col 3:5; 1Pe 2:24
6:3 Mat 28:19
6:4 Gaw 2:24; 2Co 5:17; Efe 4:22-24; Col 3:10
6:5 2Co 4:10; Efe 2:6; Flp 3:10-11; Col 2:12; 2Ti 2:11
6:6 2Co 4:10; Gal 2:20; 5:24; Efe 4:22; Flp 3:10; Col 2:12, 20; 3:9
6:9 Gaw 2:24; Pah 1:18
6:10 Heb 7:27

12 Kaya huwag ninyong pagharii̇n ang kasalanan sa inyong
katawang may kamatayan upang sundin ito sa kaniyang mga
pagnanasa. 13 At huwag ninyong ipasakop ang mga bahagi
ng inyong katawan bilang kasangkapan ng kalikuan para sa
kasalanan, sa halip ay ipasakop ninyo ang inyong mga sarili
sa Diyos katulad ng mga nabuhay mula sa mga patay, at ang
mga bahagi ng inyong katawan bilang mga kasangkapan ng
katuwiran para sa Diyos 14 sapagkat ang kasalanan ay hindi
makapaghahari sa inyo dahil kayo ay hindi na sa ilalim ng
kautusan kundi nasa ilalim ng biyaya.

Mga Alipin ng Katuwiran

15 Ano na ngayon? Tayo ba ay magkakasala dahil tayo ay
hindi na sa ilalim ng Kautusan kundi sa ilalim ng biyaya?
Huwag nawang mangyari. 16 Hindi ba ninyo alam na kung
kanino ninyo ipinapasakop ang inyong mga sarili bilang alipin
sa pagsunod, kayo ay mga alipin niyaong inyong sinusunod?
Ito man ay sa kasalanan patungo sa kamatayan, o sa pagsunod
patungo sa katuwiran. 17 Ngunit salamat sa Diyos na kahit kayo
ay mga dating alipin ng kasalanan, ngayon ay sinunod ninyo
mula sa puso ang halimbawa ng katuruang ibinigay sa inyo,
18 at nang kayo ay napalaya mula sa kasalanan, kayo ay naging
mga alipin ng katuwiran. 19 Ako ay nagsasalita bilang tao dahil
sa kahinaan ng inyong laman, sapagkat kung paano ninyo
ipinasakop ang mga bahagi ng inyong katawan na mga alipin ng
karumihan at sa hindi pagkilala sa kautusan patungo sa hindi
pagkilala sa kautusan, ngayon ay ipasakop ninyo sa gayunding
paraan ang mga bahagi ng inyong katawan na mga alipin ng
katuwiran patungo sa kabanalan.

20 Sapagkat nang kayo ay mga alipin pa ng kasalanan, malaya
kayo sa katuwiran. 21 Kaya ano ang bunga na inyong nakamtan
noon sa mga bagay na ikinakahiya ninyo ngayon? Sapagkat ang
katapusan ng mga bagay na iyon ay kamatayan. 22 Ngunit dahil
ngayon ay pinalaya na kayo mula sa kasalanan at naging mga
alipin na ng Diyos, kayo ay nagbubunga patungo sa kabanalan
at ang katapusan ay buhay na walang hanggan. 23 Sapagkat
ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, ngunit ang walang
bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan kay
Cristo Jesus na ating Panginoon.

Isang Paglalarawan Mula sa Pag-aasawa

7 Mga kapatid, hindi ba ninyo nalalaman na ang kautusan ay
naghahari sa tao habang siya ay nabubuhay? (Sapagkat ako
ay nagsasalita sa kanila na nakakaalam ng kautusan.) 2 Sapagkat
ang babaing may asawa ay nakatali na sa kaniyang asawa sa

6:13 2Co 5:14-15; 1Pe 2:24
6:16 Jua 8:34; 2Pe 2:19
6:17 2Co 2:14; 2Ti 1:13
6:18 1Pe 4:1
6:19 Gal 3:15
6:22 Mat 25:46; 1Co 7:22; Efe 6:6; 1Pe 2:16
6:23 Mat 25:46; Gal 6:7-8; San 1:15
7:1 Gaw 1:16; 1Co 1:10; Gal 3:15
7:2 1Co 7:39

pamamagitan ng kautusan habang nabubuhay ang lalaki, ngunit
kapag ang asawang lalaki ay mamatay, ang asawang babae
ay pinalaya na mula sa kautusan ng kaniyang asawang lalaki.
3Kaya nga, kapag siya ay magkaroon ng kaugnayan sa ibang
lalaki habang nabubuhay pa ang kaniyang asawang lalaki, ang
babae ay tatawaging mangangalunya. Ngunit kapag mamatay
ang kaniyang asawa, ang asawang babae ay malaya na mula
sa kautusang iyon, siya ay hindi na mangangalunya kahit
maging asawa pa siya ng ibang lalaki. 4Gayundin naman, mga
kapatid ko, kayo ay namatay na sa kautusan sa pamamagitan
ng katawan ni Cristo upang kayo ay maging asawa ng iba na
siyang ibinangon mula sa mga patay upang tayo ay magbunga
para sa Diyos. 5Sapagkat nang tayo ay nasa laman pa, ang
mga pagnanasa ng kasalanan sa pamamagitan ng kautusan
ang siyang gumagawa sa mga bahagi ng ating katawan upang
magbunga patungo sa kamatayan. 6Ngunit ngayon ay pinalaya
na tayo mula sa kautusan, dahil tayo ay patay na sa kaniya na
gumagapos sa atin, upang tayo ay maglingkod sa pagbabago ng
espiritu at hindi sa kalumaan ng titik ng kautusan.

7:3 Luc 16:18
7:4 Gal 2:19; Col 1:22
7:5 Gal 5:24
7:6 2Co 3:6
7:10 Luc 10:26-28; Gal 3:12
7:12 Gal 3:21; 1Ti 1:8
7:14 1Co 3:1
7:15 Gal 5:17

Pakikipagtunggali sa Kasalanan

7Ano ngayon ang sasabihin natin? Ang kautusan ba ay
kasalanan? Huwag nawang mangyari. Ngunit hindi ko nalaman
ang kasalanan kung hindi dahil sa kautusan sapagkat hindi
ko nalaman ang masamang pagnanasa kung hindi sinabi ng
kautusan, “Huwag kang mag-iimbot.”

Exo 20:17; Deu 5:21

8Ngunit ang kasalanan, na naghahanap ng pagkakataon sa
pamamagitan ng utos, ay lubos na nagbunga sa akin ng lahat
ng uri ng pag-iimbot sapagkat ang kasalanan ay patay kung
wala ang kautusan. 9Ngunit ako ay nabubuhay noon na hiwalay
sa kautusan subalit nang dumating ang utos, ang kasalanan ay
nabuhay muli at ako ay namatay. 10Ang utos na dapat magbigay
buhay ang siyang natagpuan kong nagdala ng kamatayan
11sapagkat ang kasalanan, na naghahanap ng pagkakataon sa
pamamagitan ng utos, ang nandaya sa akin at sa pamamagitan
nito ay pinatay ako. 12Kaya nga, ang kautusan ay banal at ang
utos ay banal at matuwid at mabuti.

13Kaya yaon bang mabuti ay naging kamatayan sa akin?
Huwag nawang mangyari. Ngunit ang kasalanan, upang ito ay
maihayag na kasalanan, ay nagbunga ng kamatayan sa akin sa
pamamagitan ng mabuti, upang ang kasalanan sa pamamagitan
ng utos ay magiging lubha pang makasalanan. 14Sapagkat alam
natin na ang kautusan ay espirituwal, ngunit ako ay makalaman
na ipinagbili sa ilalim ng kasalanan, 15dahil ang aking

ginagawa ay hindi ko nalalaman sapagkat ang hindi ko ninanais
ang siyang aking ginagawa at ang aking kinamumuhian ang
siyang aking ginagawa. 16Ngunit kung ang hindi ko ninanais
ang siya kong ginagawa, ako ay sumasang-ayon na mabuti ang
kautusan. 17Ngunit ngayon hindi na ako ang gumagawa nito
kundi ang kasalanang nananahan sa akin. 18Sapagkat alam ko
na walang nananahang mabuti sa akin (ito ay sa aking laman)
sapagkat ang pagnanais ay nasa akin, ngunit ang paggawa ng
mabuti ay hindi ko natatagpuan, 19dahil ang mabuti na ninanais
ko ay hindi ko ginagawa, ngunit ang kasamaan na hindi ko
ninanais ay siya kong ginagawa. 20Ngunit kung ang hindi ko
ninanais ang siya kong ginagawa, hindi na ako ang gumagawa
nito kundi ang kasalanan na nananahan sa akin.

21Kaya ako ay nakahanap ng kautusan, na ang kasamaan
ay lumalapit sa akin kapag ninanais kong gumawa ng mabuti
22sapagkat ako ay nalulugod sa kautusan ng Diyos ayon sa
panloob na pagkatao. 23At ako ay nakakita ng kakaibang
kautusan sa mga bahagi ng aking katawan na nakikipaglaban
sa kautusan ng aking kaisipan, at ako ay binibihag ng kautusan
ng kasalanan na nasa mga bahagi ng aking katawan. 24Ako ay
taong kahabag-habag! Sino ang magliligtas sa akin mula sa
katawang ito ng kamatayan? 25Ako ay nagpapasalamat sa Diyos
sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon.

Kaya sa kaisipan, ako nga mismo ay naglilingkod sa
kautusan ng Diyos, ngunit sa laman ay naglilingkod ako sa
kautusan ng kasalanan.

Buhay sa Pamamagitan ng Espiritu

8 Kaya ngayon ay wala nang kahatulan sa kanila na na kay
Cristo Jesus, sa kanila na lumalakad nang hindi ayon
sa laman kundi ayon sa Espiritu 2sapagkat ang kautusan ng
Espiritu ng buhay, na na kay Cristo Jesus, ang nagpalaya
sa akin mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.
3Sapagkat ang hindi magagawa ng kautusan, na pinahihina sa
pamamagitan ng laman, ay ginawa ng Diyos sa pamamagitan
ng pagsugo ng sarili niyang anak sa anyo ng makasalanang
tao. At patungkol sa kasalanan, hinatulan niya ang kasalanan
sa laman 4upang ang katuwiran ng kautusan ay matupad sa
atin na mga lumalakad hindi ayon sa laman kundi ayon sa
Espiritu. 5Sapagkat sila na mga ayon sa laman ay itinutuon
ang pag-iisip sa mga bagay ng laman, ngunit sila na mga
ayon sa Espiritu ay itinutuon ang pag-iisip sa mga bagay ng
Espiritu 6dahil ang kaisipan ng laman ay kamatayan, ngunit
ang kaisipan ng Espiritu ay buhay at kapayapaan. 7Dahil ang
kaisipan ng laman ay pakikipag-alitan sa Diyos sapagkat ito

7:17 Gal 5:24
7:22 Efe 3:16
7:23 Gal 5:17; San 4:1; 1Pe 2:11
7:25 2Co 2:4
8:2 Jua 8:32, 36; 1Co 15:45
8:3 Gal 5:24; Flp 2:7; Heb 2:14, 17; 7:18
8:4 Gal 5:16
8:5 Gal 5:19-21,25
8:6 Gal 6:8
8:7 San 4:4

ay hindi nagpapasakop sa kautusan ng Diyos, ni hindi nga
magagawang magpasakop. 8Kaya sila na nasa laman ay hindi
nakakapagbigay-lugod sa Diyos.

9Ngunit kayo ay wala sa laman kundi nasa Espiritu kung
ang Espiritu ng Diyos ay totoong nananahan sa inyo. Subalit
kung ang sinuman ay walang Espiritu ni Cristo, siya ay hindi
sa kaniya. 10At yamang si Cristo ay nasa inyo, ang katawan nga
ay patay dahil sa kasalanan subalit ang Espiritu ang nagbibigay
buhay dahil sa katuwiran. 11Ngunit kung ang Espiritu na siyang
nagbangon kay Jesus mula sa mga patay ay nananahan sa inyo,
siya na nagbangon kay Cristo mula sa mga patay ay magbibigay
rin ng buhay sa inyong mga katawang may kamatayan sa
pamamagitan ng kaniyang Espiritu na nananahan sa inyo.

12Kaya nga, mga kapatid, tayo ay may pagkakautang hindi
sa laman para mamuhay ayon sa laman 13sapagkat kung kayo
ay namumuhay ayon sa laman, kayo ay mamamatay, ngunit
kung sa Espiritu ay pinapatay ninyo ang mga gawa ng katawan,
kayo ay mabubuhay. 14Sapagkat ang sinumang pinapangunahan
ng Espiritu ng Diyos, sila ang mga anak ng Diyos 15dahil hindi
kayo tumanggap ng espiritu ng pagkaalipin upang muling
matakot kundi tinanggap ninyo ang Espiritu ng pag-ampon na
sa pamamagitan niya ay tumatawag tayo ng, "Abba♦, Ama."
16Ang Espiritu mismo ang siyang nagpapatotoo kasama ng
ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos. 17At yamang
mga anak at mga tagapagmana, mga tagapagmana nga ng
Diyos at mga kasamang tagapagmana ni Cristo kung tayo nga
ay nagtitiis na kasama niya upang tayo rin ay luluwalhatiing
magkasama.

Hinaharap na Kaluwalhatian

18Sapagkat ang mga paghihirap sa kasalukuyang panahon
ay hindi ko ibinibilang na karapat-dapat ihambing sa
kaluwalhatiang maihahayag sa atin 19dahil ang mataimtim na
pag-asam ng sangnilikha ay naghihintay na may pananabik
sa kapahayagan ng mga anak ng Diyos. 20Sapagkat ang
sangnilikha ay ipinasakop sa pagkawalang-kabuluhan, hindi
nang kusang-loob, kundi dahil sa kaniya na siyang sumakop
nito sa pag-asa 21upang ang sangnilikha rin mismo ay mapalaya
mula sa pagkaalipin ng kabulukan para sa kalayaan ng
kaluwalhatian ng mga anak ng Diyos. 22Sapagkat alam natin na
hanggang sa ngayon, ang buong sangnilikha ay sama-samang
dumadaing at naghihirap katulad ng babaing nanganganak.
23Ngunit hindi lang sila, kundi kahit tayo mismo na mayroong
unang bunga ng Espiritu ay dumadaing din sa ating sarili na
matiyagang naghihintay ng pag-ampon, ang katubusan ng

8:8 Gal 5:24
8:9 Jua 14:17; Gaw 16:7; 1Co 6:19; Gal 5:24; 2Ti 1:14; 1Jn 4:13
8:10 Jua 14:20, 23; 2Co 13:5; Gal 2:20; Efe 3:17; Col 1:27; Pah 3:20
8:11 Gaw 2:24
8:12 Gal 5:24
8:13 Gal 6:8
8:14 Mat 5:9; Gal 3:26; Pah 21:7
8:15 Mar 14:36; Gal 4:5-6; 2Ti 1:7
8:16 Jua 1:12; Efe 1:13
8:17 Gaw 20:32; 2Co 1:5; Gal 3:29; Efe 3:6; 2Ti 2:12; Tit 3:7; 1Pe 4:13
8:18 2Co 4:17; 1Pe 4:13
8:21 Gaw 3:21; 2Pe 3:13; Pah 21:1
8:23 2Co 5:5; Gal 5:5

ating katawan. 24Sapagkat sa pag-asa tayo ay naligtas, ngunit
ang pag-asa na nakikita ay hindi pag-asa sapagkat bakit pa
umaasa ang sinuman sa kaniyang nakikita? 25Ngunit kung tayo
ay umaasa sa hindi natin nakikita, hinihintay natin ito na may
pagtitiis.

26At gayundin naman, ang Espiritu ay kasamang tumutulong
sa ating mga kahinaan sapagkat hindi natin alam kung ano
ang kinakailangan nating ipanalangin, subalit ang Espiritu
mismo ang namamagitan para sa ating mga pagdaing na hindi
maipahayag ng salita. 27At siya na sumusuri ng mga puso ang
nakakaalam na kung ano ang kaisipan ng Espiritu sapagkat siya
ang namamagitan alang-alang sa mga banal ayon sa kalooban
ng Diyos.

8:24 1Te 5:8; Tit 3:7
8:26 Efe 6:18
8:27 Pah 2:23
8:28 1Co 1:9; Gal 1:6,15; Heb 9:15; 1Pe 2:9
8:29 Efe 1:5,11; Col 1:18; 1Pe 1:2
8:30 Efe 1:5,11
8:31 Heb 13:6
8:32 Jua 3:16
8:34 Mar 16:19; Gaw 2:24; Heb 7:25
8:35 1Co 4:11; 2Co 11:26
8:36 1Co 4:9; 2Co 4:11
8:37 1Co 15:57; Gal 2:20; Efe 5:2; Pah 1:5
8:38 1Co 3:22; Efe 1:21; 1Pe 3:22

Higit pa sa Mapagtagumpay

28At alam natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip-
lakip na gumagawa para sa kabutihan ng mga umiibig sa Diyos,
sa kanila na mga tinawag ayon sa kaniyang layunin 29sapagkat
ang mga kinilala ng Diyos nang una pa ay itinalaga rin niya
nang una pa na maging kawangis ng kaniyang Anak, upang
siya ay maging panganay sa maraming magkakapatid. 30At
sila na kaniyang itinalaga nang una pa ay sila ring kaniyang
mga tinawag. At sila na kaniyang tinawag ay sila ring kaniyang
pinawalang-sala. At sila na kaniyang pinawalang-sala ay sila
ring kaniyang niluwalhati.

31Ano ngayon ang ating sasabihin sa mga bagay na ito?
Yamang ang Diyos ay kakampi natin, sino ang laban sa atin?
32Siya na hindi ipinagkait ang kaniyang sariling Anak, kundi
ipinagkaloob niya alang-alang sa ating lahat, paanong hindi
nga niya ipagkakaloob sa atin ang lahat ng mga bagay? 33Sino
ang magsasakdal laban sa mga pinili ng Diyos? Ang Diyos
ang siyang nagpapawalang-sala. 34Sino yaong humahatol? Si
Cristo na siyang namatay, ngunit higit pa rito, siya rin yaong
ibinangon, na sa ngayon ay nasa bahaging kanan ng Diyos
na siya namang namamagitan alang-alang sa atin. 35Sino
ang magpapahiwalay sa atin mula sa pag-ibig ni Cristo?
Ang kahirapan ba, o ang kagipitan, o ang kalupitan, o ang
kagutuman, o ang kahubaran, o ang panganib, o ang tabak?
36Ayon sa nasusulat, “Alang-alang sa iyo, kami ay pinapatay
buong araw. Ibinibilang kaming mga tupa ng katayan.”

Awi 44:22

37Subalit sa lahat ng mga bagay na ito, tayo ay higit pa sa
mga mapagtagumpay sa pamamagitan niyaong umibig sa atin,
38sapagkat ako ay nakakatiyak na hindi ang kamatayan, ni
ang buhay, ni ang mga anghel♦, ni ang mga pamunuan, ni ang

mga kapangyarihan, ni ang mga bagay sa kasalukuyan, ni ang
mga bagay na darating, 39ni ang kataasan, ni ang kalaliman, ni
anumang ibang nilikha ang makakapaghiwalay sa atin mula sa
pag-ibig ng Diyos na na kay Cristo Jesus na ating Panginoon.

Pumipili ang Diyos Ayon sa Kaniyang Kaluguran

9 Sinasabi ko ang katotohanan na na kay Cristo at ako ay
hindi nagsisinungaling dahil kasama ko ang aking budhi
na nagpapatotoo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu,
2na ako ay may malaking kalungkutan at walang tigil na
pagdadalamhati sa aking puso. 3Sapagkat ako ay naghangad
na ako mismo ang isumpa upang maihiwalay kay Cristo alang-
alang sa aking mga kapatid at sa aking mga kamag-anakan
ayon sa laman 4na mga Israelita, na sa kanila ang pag-ampon,
at ang kaluwalhatian, at ang mga tipan♦, at ang pagbibigay
ng kautusan, at ang pagsamba at ang mga pangako, 5na sa
kanila nagmula ang mga ninuno at sa kanila nagmula si Cristo
ayon sa laman, na siyang pinakadakila sa lahat, ang Diyos na
kapuri-puri magpakailanman. Siya nawa.

6Sapagkat hindi dahil sa ang salita ng Diyos ay pinawalan
na ng bisa kundi dahil sa hindi ang lahat ng mga nagmula sa
Israel ang siyang mga taga-Israel, 7at hindi dahil sila ay binhi
ni Abraham, silang lahat ay mga anak kundi, "Kay Isaac
tatawagin ang iyong binhi."

Gen 21:12

8Ito ay hindi ang mga anak na ayon sa laman ang siyang
mga anak ng Diyos kundi ang mga anak ng pangako ang
ibinilang na binhi 9sapagkat ito ang salita ng pangako, "Ayon
sa panahong ito ay darating ako at si Sara ay magkakaroon ng
anak na lalaki."

Gen 18:10, 14

10Ngunit hindi lang iyan, kundi si Rebecca rin ay naglihi
sa pamamagitan ng isang lalaki, ang ating ninuno na si
Isaac, 11(sapagkat ang mga bata na hindi pa ipinanganak,
ni nakagawa ng mabuti o ng masama, upang ang layunin
ng Diyos ayon sa pagpili ay mananatili na hindi mula sa
mga gawa kundi mula sa kaniya na tumatawag), 12sinabi ng
Diyos kay Rebecca, "Ang nakatatanda ay maglilingkod sa
nakababata."

Gen 25:23

13Ayon sa nasusulat, "Si Jacob ang aking inibig ngunit si Esau
ang aking kinasuklaman."

Mal 1:2-3

14Ano ngayon ang ating sasabihin? May kalikuan ba sa
Diyos? Huwag nawang mangyari 15sapagkat sinabi ng Diyos

9:1 2Co 11:10; Gal 1:20; 1Ti 2:7
9:3 Gaw 22:5; 1Co 12:3
9:4 Gaw 3:25; Gal 3:16; Heb 9:5
9:5 Mat 1:1-16; Col 2:9
9:6 Gal 6:16
9:7 Heb 11:18
9:8 Gal 3:16

kay Moises, “Mahahabag ako sa sinumang aking kahahabagan
at maaawa ako sa sinumang aking kaaawaan.”
Exo 33:19

16Kaya nga, ito ay hindi sa kaniya na nagnanais, ni sa kaniya
na tumatakbo kundi sa pagkamahabagin ng Diyos. **17**Sapagkat
sinasabi ng Kasulatan♦ kay Paraon, “Dahil mismo sa layuning
ito ay ibinangon kita upang maipakita ko sa pamamagitan
mo ang aking kapangyarihan at upang maipahayag ang aking
pangalan sa buong daigdig.”
Exo 9:16

18Kaya nga, kinahahabagan ng Diyos yaong ninanais niya at
pinatitigas ng Diyos ang puso niyaong ninanais niya.
19Kaya sasabihin mo sa akin, “Bakit pa siya naghahanap
ng kamalian? Sapagkat sino ba ang tumanggi na sa kaniyang
kalooban?” **20**Ngunit sino ka, o tao, na nakikipagtalo laban sa
Diyos? Sasabihin ba niyaong hinubog sa humubog sa kaniya,
“Bakit mo ako ginawa na ganito?”
Isa 29:16; 45:9

21At hindi ba ang magpapalayok ang may kapangyarihan sa
putik upang gumawa ng sisidlan para nga sa karangalan at ng
sisidlan na hindi para sa karangalan mula mismo sa minasang
putik na iyon?
22Ngunit bagaman ninanais ng Diyos na ipahayag ang
kaniyang poot at ipaalam ang kaniyang kapangyarihan, binata
niya sa labis na pagtitiis ang mga sisidlan ng poot na nararapat
sa kapahamakan **23**upang maipaalam din niya ang kayamanan
ng kaniyang kaluwalhatian sa mga sisidlan ng kahabagan na
kaniyang inihanda nang una pa para sa kaluwalhatian **24**at sa
atin na kaniyang tinawag, hindi lamang mula sa mga Judio
kundi mula rin sa mga Gentil.
25Kagaya rin sa sinasabi ni Hosea, “Siya na hindi ko bayan
ay tatawagin ko na aking bayan at siya na hindi ko inibig, siya
ang aking inibig.”
Ose 2:23

26“At mangyayari, na sa dako kung saan ay sinabi sa kanila,
‘Kayo ay hindi ko bayan,’ doon ay tatawagin silang ‘mga anak
ng Diyos na buhay.’ ”
Ose 1:10

27Ngunit si Isaias ay sumisigaw patungkol sa Israel, “Kahit
ang bilang ng mga anak ni Israel ay maging katulad sa bilang
ng buhangin sa dagat, ang naiwan ay maliligtas **28**sapagkat
ang paghatol ay isasakatuparan niyang lubos at kaagad sa
pamamagitan ng katuwiran dahil isasakatuparan kaagad ng
Panginoon ang paghatol sa lupa.”
Isa 10:22-23

9:16 Efe 2:8; Tit 3:5
9:19 1Co 15:35; San 2:18
9:21 2Ti 2:20
9:25 1Pe 2:10
9:26 Mat 16:16

29 Ayon din sa sinabi ni Isaias noong una, “Kung ang
Panginoon ng mga Hukbo ay hindi nagtira sa atin ng binhi,
naging katulad sana tayo sa Sodoma at naihalintulad sana tayo
sa Gomora.”

Isa 1:9

Hindi Sumampalataya ang mga Israelita

30 Ano ngayon ang ating sasabihin? Ang mga Gentil na
hindi sumunod sa katuwiran ay tumanggap ng katuwiran,
kahit ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya,
31 ngunit ang Israel na sumunod sa kautusan ng katuwiran ay
hindi tumanggap ng katuwiran. 32 Bakit? Sapagkat hindi nila
ito hinanap sa pamamagitan ng pananampalataya kundi sa
pamamagitan ng mga gawa ng kautusan dahil sila ay natisod sa
batong katitisuran. 33 Ayon sa nasusulat,

“Narito, inilalagay ko sa Zion ang batong katitisuran at ang
batong ikabubuwal,

Isa 8:14

at ang bawat isang sumasampalataya sa kaniya ay hindi
mapapahiya.”

Isa 28:16

9:30 Gal 2:16; Flp 3:9; Heb 11:7
9:31 Gal 5:4
9:32 1Pe 2:8
9:33 1Pe 2:6,8
10:2 Gaw 21:20
10:4 Gal 3:24
10:7 Gaw 2:24

10 Mga kapatid, ang kaluguran nga ng aking puso at
dalangin sa Diyos para sa Israel ay ang kanilang
kaligtasan 2 sapagkat pinatotohanan ko sa kanila na sila ay
may kasigasigan sa Diyos ngunit hindi ayon sa kaalaman.
3 Dahil hindi nila nalalaman ang katuwiran ng Diyos at dahil
sinisikap nilang maitatag ang kanilang katuwiran, sila ay
hindi nagpasakop sa katuwiran ng Diyos. 4 Sapagkat si Cristo
ang kaganapan ng kautusan para sa katuwiran ng bawat isang
sumasampalataya.

5 Sapagkat si Moises ay sumulat patungkol sa katuwiran
na mula sa kautusan, “Ang taong gumagawa ng mga ito ay
mabubuhay sa mga ito.”

Lev 18:5

6 Ngunit ang katuwirang mula sa pananampalataya ay nagsasabi
ng ganito, “Huwag mong sasabihin sa iyong puso, ‘Sino ang
papaitaas patungo sa langit?’ ”

Deu 30:12

(ito ay upang ibaba si Cristo) 7 “o ‘Sino ang bababa sa kalaliman?’ ”

Deu 30:13

(ito ay upang ibangon si Cristo mula sa mga patay). 8 Subalit ano
ang sinasabi nito? “Ang salita ay malapit sa iyo, ito ay sa iyong
bibig at sa iyong puso.”

Deu 30:14

Ito ay ang salita ng pananampalataya na aming ipinapahayag.
9 Sapagkat kung ipahahayag mo sa pamamagitan ng iyong bibig
ang Panginoong Jesus at sasampalataya ka sa pamamagitan
ng iyong puso na siya ay ibinangon ng Diyos mula sa mga
patay, ikaw ay maliligtas. **10** Sapagkat sa pamamagitan ng
puso, ang tao ay sumasampalataya patungo sa katuwiran
at sa pamamagitan ng bibig ay naihahayag ito patungo sa
kaligtasan **11** dahil sinasabi ng Kasulatan♦, "Ang bawat isang
sumasampalataya sa kaniya ay hindi mapapahiya."

Isa 28:16

12 Sapagkat walang pagkakaiba ang Judio at ang Griyego dahil
iisa ang Panginoon na sagana sa pagpapala para sa lahat ng mga
tumatawag sa kaniya. **13** Sapagkat, "Ang sinumang tatawag sa
pangalan ng Panginoon ay maliligtas."

Joe 2:32

14 Subalit papaano sila tatawag sa kaniya na hindi nila
sinampalatayanan? At papaano sila sasampalataya sa kaniya
na hindi nila pinakinggan? At papaano sila makikinig kung
walang tagapagpahayag? **15** At papaano sila makakapagpahayag
kung sila ay hindi isusugo? Ayon sa nasusulat, "Anong
ganda ng mga paa nila na nagpapahayag ng ebanghelyo ng
kapayapaan at sa kanila na mga nagpapahayag ng ebanghelyo
ng mabubuting bagay."

Isa 52:7

16 Subalit hindi lahat ay sumunod sa ebanghelyo sapagkat
sinasabi ni Isaias, "Panginoon, sino ang sumampalataya sa
aming balita?"

Isa 53:1

17 Kaya ang pananampalataya ay mula sa pakikinig at ang
pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ng Diyos.
18 Ngunit sinasabi ko, hindi nga ba nila narinig? Totoong
walang pag-aalinlangan, "Ang kanilang tinig ay nakarating sa
buong daigdig at ang kanilang salita ay nakarating sa kadulu-
duluhan ng sanlibutan."

Awi 19:4

19 Ngunit sinasabi ko, hindi nga ba nalaman ng Israel?
Una, sinabi ni Moises, "Kayo ay papanibughuin ko sa
pamamagitan nila na hindi isang bansa at kayo ay gagalitin ko
sa pamamagitan ng isang bansang walang pang-unawa."

Deu 32:21

20 At buong tapang din na sinasabi ni Isaias, "Ako ay
natagpuan ng mga hindi naghahanap sa akin. Ako ay naging
hayag sa kanila na mga hindi nagtatanong patungkol sa akin."

Isa 65:1

21 Ngunit para kay Israel ay kaniyang sinasabi, "Ang aking

10:9 Mat 10:32; Jua 3:15; 13:13; Gaw 2:24
10:12 Mat 28:18
10:13 Gaw 2:21
10:16 Jua 12:38; Heb 4:2
10:17 Gal 3:2, 5; Col 3:16
10:18 Mat 24:14; Col 1:6, 23; 1Te 1:8

mga kamay ay buong araw kong iniunat sa bayang masuwayin
at mapagsalungat."

Isa 65:2

Ang Nalabi na mga Israelita

11 Kaya sinasabi ko, itinakwil ba ng Diyos ang kaniyang
bayan? Huwag nawang mangyari. Sapagkat ako rin
ay isang Israelitang mula sa binhi ni Abraham, mula sa lipi
ni Benjamin. **2**Hindi itinakwil ng Diyos ang kaniyang bayan
na kinilala niya nang una pa. Hindi ba ninyo alam kung ano
ang sinasabi ng Kasulatan♦ patungkol kay Elias, kung paano
siya namagitan sa Diyos laban sa mga Israelita, na nagsasabi,
3"Panginoon, pinatay nila ang iyong mga propeta at winasak
nila ang iyong mga dambana♦ at ako ay naiwang mag-isa at
kanilang hinahanap ang aking buhay?"

1Ha 19:10, 14

4Ngunit ano ang sinasabi ng tugon ng Diyos sa kaniya? "Ako
ay naglaan ng pitong libong mga lalaki na hindi lumuhod kay
Baal."

1Ha 19:18

5Kaya gayundin naman, sa kasalukuyang panahon ay
mayroong naiwan ayon sa pagpili ng biyaya. **6**Ngunit kung sa
pamamagitan ng biyaya, ito ay hindi na sa pamamagitan ng
mga gawa, kung hindi, ang biyaya ay hindi na nagiging biyaya.
Subalit kung ito ay mula sa mga gawa, ito ay hindi na biyaya,
kung hindi, ang gawa ay hindi na gawa.

7Ano ngayon? Hindi natamo ng Israel ang kaniyang
hinahangad, ngunit ang pinili ang siyang nagtamo nito at ang
mga natitira ay pinatigas ang mga puso. **8**Ayon sa nasusulat,
"Binigyan sila ng Diyos ng espiritu ng pagkalito, ng mga mata
na hindi nakakakita at ng mga tainga na hindi nakakarinig
hanggang sa mismong araw na ito."

Deu 29:4; Isa 29:10

9At sinabi ni David, "Hayaan na maging bitag at patibong at
katitisuran at kagantihan para sa kanila ang kanilang hapag.
10Hayaan na maging madilim ang kanilang mga mata upang
hindi sila makakita at patuloy mong baluktutin ang kanilang
likod."

Awi 69:22-23

Mga Sangang Inihugpong ng Diyos

11Kaya sinasabi ko, sila ba ay natisod upang sila ay
bumagsak? Huwag nawang mangyari. Sa halip, sa kanilang
pagsalangsang, ang kaligtasan ay dumating sa mga Gentil
upang panibughuin ang mga Judio. **12**Ngayon kung ang

11:1 2Co 11:22; Flp 3:5
11:8 Mat 13:13-15
11:11 Gaw 13:46

pagsalangsang ng mga Judio ay naging kayamanan ng
sanlibutan, at ang kanilang pagkabagsak ay kayamanan
ng mga Gentil, gaano pa kaya sa kanilang lubos na
pagkapanumbalik.

13 Ako ay nagsasalita sa inyo na mga Gentil, yamang
ako nga ay apostol ng mga Gentil, ipinagmamalaki ko ang
aking paglilingkod **14** upang sa anumang paraan ay aking
mapanibugho ang aking kamag-anak sa laman at mailigtas
ang ilan sa kanila. **15** Sapagkat kung ang pagkatakwil sa
kanila ay ang pakikipagkasundo ng sanlibutan, ano ang
mangyayari sa pagtanggap sa kanila kundi ang buhay mula
sa patay?

16 At kung ang unang bunga ay banal ay gayundin ang
buong masa at kung ang ugat ay banal ay gayundin ang mga
sanga. **17** Ngunit kung ang ilan sa mga sanga ay naputol at
ikaw na bagaman olibong ligaw ay inihugpong sa kanila at
ikaw ay naging kabahagi ng ugat at ng taba ng puno ng olibo,
18 huwag kang magmalaki sa mga sanga. Subalit kung ikaw
ay nagmamalaki, hindi ikaw ang nagdadala sa ugat kundi
ang ugat ang nagdadala sa iyo.

19 Kaya iyong sasabihin, "Ang mga sanga ay pinutol
upang ako ay maihugpong." **20** Sa katunayan, dahil sa hindi
pagsampalataya, sila ay pinutol at ikaw ay nakatayo dahil
sa pananampalataya. Huwag kang magmataas sa halip ay
matakot ka **21** sapagkat kung hindi pinaligtas ng Diyos ang
mga likas na sanga, kahit ikaw ay hindi niya paliligtasin.
22 Kaya masdan ang kabutihan at kahigpitan ng Diyos: sa
kanila nga na nahulog, ito ay kahigpitan, ngunit sa iyo ay
kabutihan kapag ikaw ay magpatuloy sa kaniyang kabutihan.
Kung hindi, ikaw ay puputulin. **23** Gayundin sila, kapag
sila ay hindi magpatuloy sa hindi pagsampalataya, sila ay
ihuhugpong sapagkat magagawa ng Diyos na sila ay muling
ihugpong. **24** Dahil kung ikaw na pinutol mula sa likas
na olibong ligaw at laban sa kalikasan ay naihugpong sa
mabuting puno ng olibo, gaano pa kaya ang mga ito, ang mga
sanga na likas na ihuhugpong sa kanilang sariling puno ng
olibo.

11:13 Gaw 9:15
11:14 Mat 1:21; Luc 2:11; Jua 3:17; Gaw 4:12; 1Co 1:21; 10:33; 1Te 2:16; 1Ti 2:4; Tit 3:5
11:15 Luc 15:24,32
11:17 Jua 15:2; Gaw 2:39; Efe 2:11-13
11:18 Jua 4:22
11:20 1Co 10:12; 2Co 1:24; 1Ti 6:17; 1Pe 1:17
11:22 Jua 15:2; 1Co 15:2; Col 1:23; Heb 3:6
11:23 2Co 3:16
11:25 Luc 21:24; 1Co 10:1; 2Co 1:8; 1Te 4:13

Ililigtas ng Diyos ang Israel

25 Sapagkat hindi ko ninanais, mga kapatid, na kayo ay
maging walang kaalaman sa hiwagang ito, upang huwag
kayong magmarunong sa inyong sarili, na ang bahagyang
pagmamatigas ng Israel ay nangyari na, hanggang sa
makarating ang kaganapan ng mga Gentil. **26** At sa gayon
ay maliligtas ang buong Israel ayon sa nasusulat, "Ang

tagapagligtas ay darating mula sa Zion at ang hindi pagiging
makadiyos ay kaniyang ilalayo kay Jacob. 27At ito ang aking
tipan♦ sa kanila kapag maalis ko ang kanilang mga kasalanan."
Isa 27:9; 59:20-21; Jer 31:33, 34

28At patungkol nga sa ebanghelyo, sila ay mga kaaway dahil
sa inyo. Ngunit patungkol sa pagpili, sila ay mga minamahal
dahil sa mga ninuno 29sapagkat ang mga kaloob na biyaya
at ang pagtawag ng Diyos ay hindi nababago. 30Dahil kung
paanong kayo rin ay dating hindi sumampalataya sa Diyos,
ngunit ngayon kayo ay kinahabagan dahil sa kanilang hindi
pagsampalataya, 31sa gayunding paraan, hindi sumampalataya
ang mga ito ngayon upang sa pamamagitan ng iyong habag ay
kahahabagan din sila. 32Sapagkat ang Diyos ang nagkulong ng
lahat sa hindi pagsampalataya upang siya ay mahabag sa lahat.

Ang Kadakilaan ng Diyos

33O kay lalim ng kayamanan ng karunungan at kaalaman ng
Diyos! Ang kaniyang mga kahatulan ay hindi nasusuri at ang
kaniyang mga landas ay hindi nasusundan, 34"Sapagkat sino
ang nakaalam ng kaisipan ng Panginoon? O sino ang kaniyang
naging tagapayo?"
Isa 40:13

35"O sino ang unang nagbigay sa Diyos at ito ay muling
babayaran sa kaniya?"
Job 41:11

36Sapagkat ang lahat ng mga bagay ay nagmula sa kaniya at
sa pamamagitan niya at para sa kaniya. Ang kaluwalhatian ay
sa kaniya magpakailanman. Siya nawa.

Ang Haing Buhay

12 Kaya mga kapatid, sa pamamagitan ng mga kaawaan ng
Diyos ay isinasamo ko sa inyo na iharap ninyo sa Diyos
ang inyong mga katawan bilang haing buhay, banal at kalugud-
lugod sa Diyos, na siyang inyong makatwirang pagsamba sa
Diyos. 2At huwag kayong makiayon sa kapanahunang ito, sa
halip ay mabago kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong
kaisipan upang mapatunayan ninyo kung ano ang mabuti,
kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos.

3Sapagkat sa pamamagitan ng biyaya na ibinigay sa akin
ay sinasabi ko sa bawat isa sa inyo na huwag mag-isip sa
kaniyang sarili ng higit pa sa dapat niyang isipin, kundi mag-
isip sa wastong pag-iisip ayon sa sukat ng pananampalataya
na ibinahagi ng Diyos sa bawat isa. 4Sapagkat kung paanong
sa isang katawan ay mayroon tayong maraming bahagi, at
ang lahat ng bahagi ay hindi magkakatulad ang gawain,

11:27 Heb 8:10,12
11:29 Heb 7:21
11:30 Efe 2:2
11:33 Efe 3:10; Col 2:3
11:34 1Co 2:16
11:36 1Co 8:6; Col 1:16; 1Ti 1:17; Heb 2:10; 1Pe 5:11; Pah 5:13
12:1 1Co 6:20; 1Pe 2:5
12:2 1Ti 5:4; 1Pe 1:14; 1Jn 2:15
12:3 1Co 15:10; Gal 2:9; Efe 3:7
12:4 1Co 12:12; Efe 4:16

5 gayundin tayo, na bagaman marami, ay isang katawan kay
Cristo at ang bawat isa ay kabahagi ng isa't isa. 6 Yamang
tayo ay mayroong iba't ibang kaloob ayon sa biyaya na
ibinigay ng Diyos sa atin: kung paghahayag ng salita ng
Diyos, siya ay maghayag ayon sa sukat ng pananampalataya,
7 kung paglilingkod, siya ay maglingkod, kung ang isa ay sa
pagtuturo, siya ay magturo, 8 kung ang isa ay sa pagpapayo,
siya ay magpayo, siya na nagbibigay, siya ay magbigay na
may kasaganaan, siya na nangunguna, siya ay manguna na
may kasigasigan, siya na may kahabagan, siya ay mahabag na
may kasiyahan.

12:5 1Co 6:15; Efe 2:16
12:6 1Co 7:7; Efe 4:11; 1Pe 4:10
12:7 Efe 4:11
12:8 Gaw 11:23; 2Co 8:2
12:9 2Co 6:6; 1Te 5:21-22; 1Ti 1:5
12:10 Flp 2:3; 1Te 4:9; 1Pe 1:22
12:11 Gaw 18:25
12:12 Heb 10:32
12:13 1Ti 3:2; Heb 13:2; 1Pe 4:9
12:14 Mat 5:44
12:17 2Co 8:21
12:18 Mar 9:50
12:20 Mat 5:44; Luc 6:27

Pag-ibig

9 Ang pag-ibig ay dapat walang pagkukunwari.
Kapootan ninyo ang masama at manangan kayo sa
mabuti. 10 Magmahalan kayo sa isa't isa ng may pag-ibig
ng magkakapatid, unahing pahalagahan ang isa't isa sa
pagpaparangal, 11 hindi tamad sa kasigasigan, maningas sa
espiritu, naglilingkod sa Panginoon, 12 nagagalak sa pag-
asa, nagtitiis sa kahirapan, matatag na nagpapatuloy sa
pananalangin, 13 nagbabahagi sa pangangailangan ng mga
banal, at nakalaan sa pagtanggap ng mga dayuhan.

14 Pagpalain ninyo sila na nagmamalupit sa inyo. Pagpalain
ninyo sila at huwag sumpain. 15 Makigalak kayo sa kanila
na nagagalak at makiiyak kayo sa kanila na umiiyak.
16 Magkaroon kayo ng iisang kaisipan sa isa't isa. Huwag
ninyong isipin ang pagmamalaki, sa halip ay makiayon kayo
sa mga mapagpakumbaba. Huwag kayong nagmamarunong
sa inyong mga sarili.

17 Huwag kayong gumanti sa sinuman ng masama sa
masama. Isipin muna ninyo ang mabubuting bagay sa
harap ng mga tao. 18 Kung maaari, yamang ito ay nasa inyo,
mamuhay kayong may kapayapaan sa lahat ng mga tao.
19 Mga minamahal, huwag ninyong ipaghiganti ang inyong
sarili, sa halip ay bigyan ninyo ng lugar ang galit ng Diyos
sapagkat nasusulat, “Ang paghihiganti ay sa akin, ako ang
gaganti,” sabi ng Panginoon.

Deu 32:35

20 Kaya, “Kapag nagutom ang iyong kaaway, pakainin mo
siya, kapag nauhaw siya, painumin mo siya sapagkat sa
paggawa mo nito ay ibubunton mo sa kaniyang ulo ang
nagbabagang uling.”

Kaw 25:21-22

21 Huwag kang magpatalo sa masama, sa halip ay daigin mo
ng mabuti ang masama.

Pagpapasakop sa Pamahalaan

13 Ang bawat kaluluwa ay magpasakop sa nakakataas na
kapamahalaan sapagkat walang kapamahalaan maliban
sa nagmula sa Diyos at ang mga kapamahalaang iyon ay
itinakda na ng Diyos. **2**Kung kaya, siya na sumasalungat sa
kapamahalaan ay tumanggi na sa itinalaga ng Diyos at sila na
mga tumanggi ay tatanggap ng kahatulan sa kanilang sarili
3sapagkat ang mga namumuno ay hindi kinakatakutan ng mga
gumagawa ng mabuti kundi ng mga gumagawa ng masama.
Ngunit ninanais mo bang hindi matakot sa pamahalaan?
Gumawa ka ng mabuti at magkaroon ka ng papuri mula sa
pamahalaan **4**sapagkat siya ay lingkod ng Diyos sa iyo para sa
kabutihan. Ngunit kapag masama ang iyong ginagawa, matakot
ka dahil hindi siya nagdadala ng tabak ng walang kabuluhan
sapagkat siya ay lingkod ng Diyos, isang tagapaghiganti
upang magdala ng poot sa gumagawa ng masama. **5**Dahil dito,
kailangang magpasakop kayo hindi lang dahil sa poot kundi
dahil din sa budhi. **6**Ito rin ang dahilan kung bakit kayo ay
nagbabayad ng buwis sapagkat sila ay mga lingkod-bayan ng
Diyos, na matiyagang nagsasagawa mismo sa bagay na ito.
7Kaya ibigay ninyo sa lahat ang nararapat: ang buwis sa kaniya
na dapat buwisan, ang bayarin sa kaniya na dapat bayaran, ang
takot sa kaniya na dapat katakutan, ang paggalang sa kaniya na
dapat na igalang.

Ibigin Mo ang Iyong Kapwa

8Huwag kayong magkautang ng anuman sa kaninuman, sa
halip ay mag-ibigan kayo sa isa't isa sapagkat siya na umiibig sa
iba ay nakaganap na ng kautusan. **9**Dahil dito,

"Huwag kang mangalunya,"
"Huwag kang pumatay,"
"Huwag kang magnakaw,"
"Huwag kang magsalaysay ng maling patotoo,"
"Huwag kang mag-imbot"

Exo 20:13-15, 17; Deu 5:17-19, 21

at kung may iba pang utos, ito ay nakapaloob sa salitang ito,

"Iibigin mo ang iyong kapwa katulad ng iyong sarili."

Lev 19:18

10Ang pag-ibig ay hindi gumagawa ng masama sa kapwa, kaya
ang pag-ibig ay ang katuparan ng kautusan.

11Yamang alam na natin ang panahon, ito na ang oras
upang tayo ay gumising mula sa pagkatulog sapagkat ngayon
ay mas malapit na ang ating kaligtasan kaysa noong tayo ay
sumampalataya. **12**Papalipas na ang gabi at mag-uumaga na,
kaya hubarin na natin ang mga gawa ng kadiliman at isuot

13:1 Jua 19:11; Tit 3:1; 1Pe 2:3,14
13:3 1Pe 2:14
13:4 1Te 4:6
13:6 Mat 22:17
13:7 Mat 17:25; 22:17,21; Luc 23:2
13:8 Mat 5:43; Jua 13:34; Col 3:14
13:9 Mat 5:43; 7:12
13:11 1Co 7:29-31; Efe 5:14; San 5:8; 1Pe 4:7; 1Jn 2:18
13:12 1Te 5:8; Heb 10:25; 1Jn 2:8

na natin ang baluti ng liwanag. 13Magsilakad na tayo nang
marangal katulad ng sa araw, hindi sa magulong pagtitipon
at sa paglalasing, hindi sa kalaswaan at sa kahalayan, hindi
sa paglalaban-laban at sa inggitan. 14Sa halip ay isuot ninyo
ang Panginoong Jesu-Cristo at huwag ninyong gawan ng
pagkakataon ang pagnanasa ng laman.

Ang Nanghihina sa Pananampalataya

14 Ngunit tanggapin ninyo ang isang nanghihina sa
pananampalataya nang walang pagtatalu-talo ng mga
kuru-kuro. 2Ang isang tao ay naniniwala nga na makakain
niya ang lahat ng mga bagay, ngunit ang isa na nanghihina
ay kumakain lamang ng gulay. 3Huwag kutyain ng isang
kumakain ang isang hindi kumakain at huwag hatulan ng isang
hindi kumakain ang isang kumakain sapagkat ang Diyos ang
tumanggap sa kaniya. 4Sino ka na humahatol sa kasambahay
ng iba? Siya ay tatayo o babagsak sa harap ng kaniyang sariling
panginoon, ngunit siya ay patatayuin sapagkat makakaya ng
Diyos na siya ay patayuin.

5Ang isang tao ay kumikilala nga na ang isang araw ay higit
kaysa sa ibang araw, at ang isang tao ay kumikilala na ang
bawat araw ay magkakatulad. Hayaang lubos na makatiyak
ang bawat isa sa kaniyang sariling pag-iisip. 6Ang taong
nagpapahalaga sa isang araw ay pinapahalagahan niya ito
sa Panginoon, at siya na hindi nagpapahalaga sa isang araw
ay hindi niya ito pinapahalagahan sa Panginoon. Siya na
kumakain ay kumakain para sa Panginoon sapagkat siya ay
nagpapasalamat sa Diyos, at siya na hindi kumakain ay hindi
kumakain para sa Panginoon ngunit siya ay nagpapasalamat
sa Diyos 7sapagkat walang sinuman sa atin ang nabubuhay
sa kaniyang sarili at wala ring sinuman ang namamatay sa
kaniyang sarili. 8Dahil kung tayo naman ay nabubuhay, tayo ay
nabubuhay sa Panginoon at kung tayo naman ay namamatay,
tayo ay namamatay sa Panginoon. Kaya kung tayo naman ay
nabubuhay o tayo naman ay namamatay, tayo ay sa Panginoon.
9Sa dahilang ito, si Cristo ay namatay at bumangon at muling
nabuhay upang siya ay maging Panginoon kapwa ng mga patay
at ng mga buhay. 10Ngunit bakit mo hinahatulan ang iyong
kapatid? O bakit mo rin kinukutya ang iyong kapatid? Sapagkat
tayong lahat ay tatayo sa harapan ng luklukan ng paghatol ni
Cristo 11dahil ito ang nasusulat, “Sinasabi ng Panginoon, dahil
ako ay buhay, ang bawat tuhod ay luluhod sa akin at ang bawat
dila ay magbubunyi sa Diyos.”

Isa 45:23

12Kaya nga, ang bawat isa sa atin ay magbibigay-sulit sa

13:13 Luc 21:34; Gal 5:20; Efe 5:18; 1Pe 4:3
13:14 Gal 3:27; 5:24; Efe 4:24; Col 3:10
14:1 1Co 8:9-12
14:3 Luc 18:9; Col 2:16
14:4 Mat 7:1
14:5 Gal 4:10; Col 2:16
14:6 1Ti 4:3-4
14:7 2Co 5:15; Gal 2:20
14:8 Flp 1:20
14:9 Gaw 10:42; 2Co 5:15; Pah 1:18
14:10 Mat 7:1; 2Co 5:10
14:11 Flp 2:10
14:12 Mat 12:36; 1Pe 4:5

Diyos patungkol sa kaniyang sarili. 13Kaya huwag na tayong
hahatol pa sa isa't isa, sa halip ay magpasya kayo na huwag
nang maglagay ng batong katitisuran o ng patibong sa isang
kapatid.
14Alam ko at tiniyak na sa akin sa pamamagitan ng
Panginoong Jesus na walang bagay na marumi sa kaniyang
sarili, maliban sa isang tao na ang isang bagay ay kaniyang
ibinibilang na marumi, para sa kaniya iyon ay marumi.
15Ngunit kung dahil sa iyong pagkain ay napipighati ang
iyong kapatid, hindi ka na namumuhay ayon sa pag-ibig.
Huwag mong ipahamak ang iyong kapatid dahil sa iyong
pagkain sapagkat si Cristo ay namatay alang-alang sa kaniya.
16Kaya huwag mong hayaang masamain ang inyong kabutihan
17sapagkat ang paghahari ng Diyos ay hindi ang pagkain o pag-
inom, kundi ang katuwiran, kapayapaan at kagalakan sa Banal
na Espiritu, 18dahil siya na naglilingkod kay Cristo sa mga
bagay na ito ay kalugud-lugod sa Diyos at katanggap-tanggap
sa mga tao.
19Kaya nga, pagsikapan nating abutin ang mga bagay ng
kapayapaan at ang mga bagay na makakapagpatibay sa isa't
isa. 20Huwag mong wasakin ang gawain ng Diyos dahil sa
pagkain. Tunay na ang lahat ng mga bagay ay malinis subalit
ito ay masama sa isang taong kumakain na nagiging dahilan ng
pagkatisod. 21Mabuti pa ang hindi kumain ng karne, o uminom
ng alak, o anumang nakakapagpatisod, o nakakapagdulot ng
pagdaramdam, o nakakapagpahina sa iyong kapatid. 22Mayroon
ka bang pananampalataya? Taglayin mo ito sa iyong sarili
sa paningin ng Diyos. Pinagpala siya na hindi humahatol sa
kaniyang sarili sa bagay na kaniyang napapatunayan. 23Ngunit
siya na nag-aalinlangan kapag siya ay kakain ay hinatulan na
sapagkat hindi siya kumakain ayon sa pananampalataya, dahil
ang anumang hindi ayon sa pananampalataya ay kasalanan.

15 At tayong malalakas ay dapat magbata ng mga kahinaan
ng mga mahihina at hindi upang magbigay-lugod sa ating
mga sarili. 2At hayaang magbigay-lugod sa kaniyang kapwa
ang bawat isa sa atin para sa kaniyang ikabubuti patungo sa
ikatitibay 3sapagkat kahit si Cristo ay hindi nagbigay-lugod sa
kaniyang sarili kundi ayon sa nasusulat, "Ang mga pag-alipusta
nila na umaalipusta sa iyo ay ipinasan sa akin."

Awi 69:9

4Dahil ang anumang bagay na isinulat noong una pa ay
isinulat noong una pa para sa lalo nating ikatututo, upang
sa pamamagitan ng pagtitiis at kaaliwan ng Kasulatan♦ ay
magkaroon tayo ng pag-asa. 5Kaya ang Diyos nawa ang

14:13 Mat 7:1; 2Co 6:3
14:14 Gaw 10:15; 1Co 8:7
14:15 1Co 8:11; Efe 5:2
14:16 1Co 10:30
14:17 1Co 8:8; Gal 5:22
14:18 Luc 2:52; Gaw 24:16; 2Co 8:21
14:19 2Co 12:19; Efe 4:12, 29; 2Ti 2:22; Heb 12:14
14:20 Gaw 10:15; 1Co 8:9-12
14:21 Mat 5:29
14:22 1Jn 3:21
15:1 1Te 5:14
15:2 1Co 10:24
15:3 2Co 8:9
15:5 2Co 13:11; Efe 4:3; Flp 2:2; Col 3:14; 1Pe 3:8

magbigay sa inyo ng pagtitiis at ng kaaliwan upang kayo ay
magkaroon ng iisang kaisipan sa isa't isa ayon kay Cristo
Jesus, 6upang sa pamamagitan ng isang bibig ay nagkakaisa
kayong magluluwalhati sa Diyos at Ama ng ating Panginoong
Jesu-Cristo.

7Dahil dito, tanggapin ninyo ang bawat isa katulad din
sa pagtanggap sa atin ni Cristo sa kaniyang sarili para sa
kaluwalhatian ng Diyos. 8Ngunit sinasabi ko na si Jesu-Cristo
ay naging tagapaglingkod ng mga nasa pagtutuli para sa
katotohanan ng Diyos upang tiyakin ang mga ipinangako ng
Diyos sa ating mga ninuno 9at upang luwalhatiin ng mga Gentil
ang Diyos dahil sa kaniyang kahabagan ayon sa nasusulat,
"Dahil dito, ibubunyi kita sa mga Gentil at ako ay aawit ng
papuri sa iyong pangalan."

2Sa 22:50; Awi 18:49

10At muli niyang sinasabi, "Mga Gentil, magalak kayo kasama
ng kaniyang bayan."

Deu 32:43

11At muli, "Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat ng mga
Gentil! Purihin ninyo siya, kayong lahat na mga tao!"

Awi 117:1

12At muli, si Isaias ay nagsabi, "Magkakaroon ng ugat kay Jesse
at siya yaong titindig upang maghari sa mga Gentil at sa kaniya
ay aasa ang mga Gentil."

Isa 11:10

13At ang Diyos ng pag-asa nawa ang magpuspos sa inyo
ng buong kagalakan at ng kapayapaan sa pananampalataya
upang kayo ay lalong sumagana sa pag-asa sa pamamagitan ng
kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

15:6 Pah 1:6
15:8 Mat 15:24; Gaw 3:25-26; 2Co 1:20
15:9 Mat 9:8
15:12 Mat 12:21; Pah 5:5
15:13 1Co 2:4; 1Te 1:5
15:14 2Co 8:7; Efe 5:9; 2Pe 1:12
15:17 Flp 3:3; Heb 2:17
15:18 Gaw 15:12

Ang Tagapaglingkod sa mga Gentil

14Mga kapatid ko, ako rin ay nakakatiyak sa aking sarili
na kayo rin mismo ay puno ng kabutihan, puspos ng lahat
ng kaalaman at may kakayahan upang magpayo sa isa't isa.
15Gayunpaman, mga kapatid, bahagi ng aking isinulat sa
inyo ay may katapangan, bilang pagpapaalala sa inyo dahil
sa biyaya na ibinigay ng Diyos sa akin, 16upang ako ay
maging tagapaglingkod ni Jesu-Cristo para sa mga Gentil
na naglilingkod bilang saserdote ng ebanghelyo ng Diyos,
upang ang handog ng mga Gentil ay maging katanggap-
tanggap yamang ito ay pinaging-banal ng Banal na Espiritu.
17Dahil dito, ako ay mayroong dahilan upang ipagmalaki sa
pamamagitan ni Cristo Jesus ang mga bagay na patungkol sa
Diyos 18sapagkat hindi ako maglalakas-loob na magsalita ng
mga bagay na hindi ginawa ni Cristo sa pamamagitan ko, upang

ang mga Gentil ay sumunod sa pamamagitan ng salita at gawa,
19 sa pamamagitan ng kapangyarihan ng mga tanda at ng mga
makapangyarihang gawa, sa pamamagitan ng kapangyarihan
ng Espiritu ng Diyos upang ang ebanghelyo ni Cristo ay
maipangaral kong lubos mula sa Jerusalem at sa palibot
hanggang sa Iliricum. 20 Kaya sa ganitong paraan ay aking
minimithi na ipangaral ang ebanghelyo, hindi sa mga dakong
naipakilala na si Cristo, upang hindi ako makapagtayo sa ibang
saligan. 21 Ngunit ayon sa nasusulat, "Sa kanila na hindi pa
naisalaysay ang patungkol sa kaniya, sila ay makakakita at sila
na hindi pa nakarinig, sila ay makakaunawa."

Isa 52:15

22 At dahil dito, ako ay madalas na nahadlangan sa pagpunta
sa inyo.

Ang Pagdalaw ni Pablo sa Roma

23 Ngunit ngayon na wala ng lugar sa mga lalawigang ito,
at maraming taon na akong nananabik na makapunta sa inyo,
24 kapag ako ay pupunta sa Espaniya, ako ay pupunta sa inyo
sapagkat inaasahan ko na kayo ay aking makita sa aking
paglalakbay, at upang ako ay matulungan sa aking pagpunta
roon, ngunit una sa lahat ay makabahagi ako sa kasiyahan ng
inyong samahan. 25 Sa ngayon, ako ay papunta sa Jerusalem
upang maglingkod sa mga banal 26 sapagkat ikinalugod ng
mga taga-Macedonia at ng mga taga-Acaya ang makapagbigay
ng anumang kaloob para sa mga mahihirap na mga banal na
nasa Jerusalem. 27 Tunay na ito ay ikinalugod nila at ibinilang
nilang pagkakautang sa mga Judio sapagkat kung sila ay naging
kabahagi ng mga Judio sa kanilang espirituwal na pagpapala,
nararapat naman na sila ay makapaglingkod sa mga Judio
sa mga bagay na ukol sa laman. 28 Kaya pagkatapos kong
gampanan ito at itatak sa kanila ang bungang ito, ako ay dadaan
sa inyo pagpunta ko sa Espaniya. 29 At ako ay nakatiyak na,
na sa pagpunta ko sa inyo, ako ay pupunta sa kapuspusan ng
biyaya ng ebanghelyo ni Cristo.

30 Ngayon, mga kapatid, ako ay sumasamo sa inyo
sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo at sa
pamamagitan ng pag-ibig ng Espiritu, na samahan ninyo akong
magsikap sa pananalangin sa Diyos para sa akin, 31 upang
ako ay maligtas mula sa mga hindi sumasampalataya na nasa
Judea, at upang ang aking paglilingkod sa Jerusalem ay maging
katanggap-tanggap sa mga banal, 32 at upang sa pamamagitan
ng kalooban ng Diyos, ako ay makapunta sa inyo na may
kagalakan at makapagpahingang kasama ninyo. 33 Ang Diyos
ng kapayapaan ang sumainyong lahat. Siya nawa.

15:19 Jua 4:48; Gaw 19:11; 22:17-21; 2Co 2:12
15:20 2Co 10:15-16
15:23 Gaw 19:21
15:24 1Co 16:6; Tit 3:13
15:25 Gaw 9:13; 19:21; 24:17
15:26 Gaw 16:9; 18:12; 24:17
15:27 1Co 9:11
15:30 2Co 1:11; Gal 5:22; Col 1:8; 4:12
15:31 Gaw 9:13; 24:17; 2Co 1:10; 2Te 3:2; 2Ti 3:11; 2Pe 2:9
15:32 Gaw 18:21; 1Co 16:18; Flm 1:7
15:33 2Co 13:11; Flp 4:9; 1Te 5:23; 2Te 3:16; Heb 13:20

Ang mga Pagbati ni Pablo

16 Ipinagtatagubilin ko sa inyo ang ating kapatid na si Febe
na isang tagapaglingkod ng iglesiya na nasa Cencrea,
2na siya ay tanggapin ninyo sa Panginoon kagaya ng nararapat
sa mga banal at siya ay matulungan sa anumang gawain
na kakailanganin niya sa inyo sapagkat siya rin ay naging
malaking tulong sa maraming tao gayundin sa akin.

3Batiin ninyo sina Priscila at Aquila na aking mga
kamanggagawa kay Cristo Jesus. **4**Sila ang naglagay ng
kanilang leeg sa panganib dahil sa aking buhay. Hindi lang
ako ang nagpapasalamat sa kanila kundi ang lahat din ng mga
iglesiya ng mga Gentil. **5**Batiin din ninyo ang iglesiya na nasa
kanilang tahanan.

Batiin ninyo si Epeneto na aking minamahal, na siyang
unang bunga para kay Cristo sa Acaya. **6**Batiin ninyo si
Maria na nagpagal ng labis para sa amin. **7**Batiin ninyo sina
Andronico at Junias na aking mga kamag-anak at aking mga
kasama sa pagkabilanggo. Sila ay kinikilala sa gitna ng mga
apostol at mga unang naging kay Cristo kaysa sa akin.

8Batiin ninyo si Ampliato na minamahal ko sa Panginoon.
9Batiin ninyo si Urbano na aming kamanggagawa kay Cristo
at si Estacio na aking minamahal. **10**Batiin ninyo si Apeles, na
isang katanggap-tanggap na manggagawa kay Cristo. Batiin
ninyo sila na mga nasa sambahayan ni Aristobulo. **11**Batiin
ninyo si Herodion, na aking kamag-anak. Batiin ninyo sila
na mga nagmula sa sambahayan ni Narciso, sila na mga nasa
Panginoon.

12Batiin ninyo sina Trifena at Trifosa na mga nagpagal sa
Panginoon. Batiin ninyo si Persida, ang minamahal na siyang
nagpagal nang lubos sa Panginoon. **13**Batiin ninyo si Rufo, ang
pinili ng Panginoon, at ang kaniyang ina at aking itinuring na
ina. **14**Batiin ninyo sina Asincrito, Flegonte, Hermas, Patrobas,
Hermes at ang mga kapatid na kasama nila. **15**Batiin ninyo sina
Filologo at Julia, sina Nereo at ang kaniyang kapatid na babae,
gayundin si Olimpas at ang lahat na mga banal na kasama nila.

16Batiin ninyo ng banal na halik ang bawat isa. Kayo ay
binabati ng mga iglesiya ni Cristo.

17Ngayon, mga kapatid, isinasamo ko sa inyo na tandaan
ninyo yaong mga nagiging dahilan ng mga pagkabaha-bahagi at
ng mga pagkatisod na taliwas sa katuruan na inyong natutuhan.
At sila ay layuan ninyo **18**sapagkat ang mga iyon ay hindi
naglilingkod sa ating Panginoong Jesu-Cristo kundi sa sarili
nilang tiyan, kaya sa pamamagitan ng mabuting pananalita
at ng mga papuri ay dinadaya nila ang mga puso ng mga
walang kamalayan sa masama. **19**Dahil ang inyong pagsunod

16:1 Gaw 18:18; 2Co 3:1
16:2 Gaw 9:13; Flp 2:29
16:3 Gaw 18:2; 1Co 1:30; 16:19; 2Co 5:17; 2Ti 4:19
16:5 Gaw 2:9; 1Co 16:15,19; Col 4:15; Flm 1:2
16:7 Col 4:10; Flm 1:23
16:10 Gaw 11:14
16:11 Gaw 11:14
16:13 Mar 15:21; 2Jn 1:1
16:16 Gaw 9:13; 1Co 16:20; 2Co 13:12; 1Pe 5:14
16:17 Mat 18:15-17; 1Co 5:11; Gal 1:8-9; 2Te 3:6, 14; 1Ti 1:3; 2Ti 3:5; Tit 3:10; 2Jn 1:10
16:18 Flp 3:19; Col 2:4
16:19 1Co 14:20

ay umabot na sa lahat ng mga tao kaya ako ay nagagalak sa
inyo, at ninanais ko na kayo nga ay maging matalino patungkol
sa mabuti, ngunit maging mga walang dungis patungkol sa
masama. **20**Ngunit ang Diyos ng kapayapaan ang dudurog kay
Satanas sa madaling panahon sa ilalim ng inyong mga paa.

Ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo ang sumainyo.
Siya nawa.

21Si Timoteo na aking kamanggagawa at ang aking mga
kamag-anak na sina Lucio, Jason at Sosipatro ay bumabati sa
inyo.

22Akong si Tercio na sumulat ng sulat na ito ay bumabati sa
inyo sa Panginoon.

23Binabati kayo ni Gayo na aking tinutuluyan, at ng
buong iglesiya. Binabati kayo ni Erasto na tagapamahala ng
lungsod, at ni Quarto na isang kapatid. **24**Ang biyaya ng ating
Panginoong Jesu-Cristo ang sumainyong lahat. Siya nawa.

25Ngayon, sa Diyos na makakapagpatatag sa inyo, ayon sa
aking ebanghelyo at sa pagpapahayag kay Jesu-Cristo, ayon sa
kapahayagan ng hiwaga na itinago noong una pang panahon
26ngunit ngayon ay nahayag, at sa pamamagitan ng mga
Kasulatan♦ ng mga propeta, ayon sa utos ng walang hanggang
Diyos para sa pagsunod sa pananampalataya, ay naipahayag
sa lahat ng mga bansa. **27**Sa nag-iisang matalinong Diyos, sa
kaniya ang kaluwalhatian magpakailanman sa pamamagitan ni
Jesu-Cristo. Siya nawa.

16:20
Mat 4:10;
Gal 6:18;
1Te 5:28;
Pah 22:21
16:21
Gaw 13:1;
16:1; 17:5
16:23
Gaw
19:29;
2Ti 4:20
16:25
Col 1:26;
1Ti 3:16;
2Ti 2:8;
Jud 1:24
16:26
Gaw 6:7;
Efe 1:9
16:27
1Ti 1:7;
6:16

ANG UNANG SULAT NI APOSTOL PABLO SA MGA TAGA-CORINTO

Sumulat: Pablo
Para Kanino: Sa Iglesiyang nasa Corinto
Taon: A.D. 55

Panimulang Salita sa Unang Sulat sa mga Taga-Corinto

Ang lungsod ng Corinto ay ang pinakamahalagang lungsod sa rehiyon ng Acaya, sa ibabang bahagi ng bansa ng Griyego. Ito ay may dalawang daungan, kung kaya ito ay ang pinakagitnang lugar para sa kalakalan. At dahil sa taunang paligsahan ng mga manlalaro, maraming tao ang pumupunta sa Corinto. Dinadala ng mga taong ito ang kanilang mga kultura at relihiyon, kung kaya ang pagsamba sa diyos-diyosan at pakikiapid ay nangalat sa lugar na ito.

Sa ikalawang pang-misyong paglalakbay ni Pablo, narating niya ang Corinto sa unang pagkakataon. Siya ay nagsimulang mangaral ng ebanghelyo sa mga Judio at mga Griyego sa sinagoga tuwing Sabat (Gaw 18:1-18). Nang tinanggihan ng mga Judio ang kaniyang paglilingkod, siya ay bumaling sa mga Gentil at nanatili pa sa lungsod ng labinwalong buwan. Sa mga unang buwan ng kaniyang paglilingkod, itinaguyod ni Pablo ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng paggawa ng mga tolda. Siya ay nag-akay ng maraming tao sa Panginoon sa lugar na iyon. Nang si Pablo ay lumipat sa ibang lugar, si Apollos ay dumating upang ipagpatuloy ang paglilingkod sa Corinto (Gaw 18:27-19:1).

Tinubos ng Panginoon ang mga mananampalataya sa Corinto mula sa masamang pamumuhay. Gayunpaman, nang sila ay naligtas, ang ilan sa kanila ay nagpatuloy sa dati nilang makasalanang pamumuhay. Nalaman ni Pablo ang patungkol sa kanilang mga suliranin kaya siya ay sumulat upang utusan ang mga mananampalataya na humiwalay sila sa mga taong namumuhay nang mahalay (5:9). Habang siya ay naglilingkod sa Efeso, sa panahon ng kaniyang ikatlong pang-misyong paglalakbay, nalaman niya ang patungkol sa paglalaban-laban sa iglesiya sa Corinto (1:11). Siya rin ay nakatanggap ng sulat kung saan ang mga taga-Corinto ay naglahad ng iba't ibang mga katanungan (7:1, 25; 8:1; 12:1; 16:1). Ang mga pangyayaring ito ang nagtulak kay Pablo upang isulat ang 1 Corinto mula sa Efeso sa panahon ng A.D. 55 (16:8, 19).

Ang sulat sa iglesiya sa Corinto ay tumatalakay sa malawak na hanay ng mga paksa. Gayunpaman, ang pangunahing nilalaman ng sulat ay kinakailangan ng mga taga-Corinto na mamuhay ayon sa Salita ng Diyos at hindi mamuhay nang ayon sa laman. Sila ay dapat mag-isip ayon sa Salita ng Diyos patungkol sa kanilang espirituwal na mga tagapanguna (kabanatang 1-4), sa kanilang pakikipag-ugnayan sa isa't isa (kabanatang 5-6), sa kanilang paggamit ng kanilang mga katawan (kabanatang 6), sa kanilang pagkaunawa patungkol sa pag-aasawa (kabanatang 7), sa kanilang paggamit ng kanilang kalayaang Cristiano (kabanatang 8-10), sa kanilang pagsamba (kabanatang 11), sa kanilang paggamit ng mga espirituwal na kaloob (kabanatang 12-14), sa kanilang pagkaunawa sa katuruan ng muling pagkabuhay (kabanatang 15), at sa kanilang pagkakaloob (kabanatang 16).

Dahil tayo ay nabubuhay sa isang masamang sanlibutan, tayong mga mananampalataya ay dapat magsumikap upang “lubos na magkasundo sa isang kaisipan at sa isang pagpapasya” (1:10). Dapat nating ipakita na taglay natin ang “kaisipan ni Cristo” (2:16).

Balangkas ng Unang Sulat sa mga Taga-Corinto:

Panimula (*1:1-9*)
Ang mga mananampalataya ay dapat mag-isip ayon sa Salita ng Diyos patungkol sa:
I. Kanilang espirituwal na mga tagapanguna (*1:10-4:21*).
II. Kanilang pakikipag-ugnayan sa isa't isa (kabanatang *5-6*).
III. Kanilang paggamit ng kanilang mga katawan (kabanatang *6*).
IV. Kanilang pagkaunawa patungkol sa pag-aasawa (kabanatang *7*).
V. Kanilang paggamit ng kanilang kalayaang Cristiano (kabanatang *8-10*).
VI. Kanilang pagsamba (kabanatang *11*).
VII. Kanilang paggamit ng mga espirituwal na kaloob (kabanatang *12-14*).
VIII. Kanilang pagkaunawa sa katuruan ng muling pagkabuhay (kabanatang *15*).
IX. Kanilang pagkakaloob (*16:1-4*).
X. Pangwakas (*16:5-24*)

1 Si Pablo, ang tinawag upang maging apostol ni Jesu-Cristo
ayon sa kalooban ng Diyos, at si Sostenes na ating kapatid.
2 Sa iglesiya ng Diyos na nasa Corinto, sa kanila na pinaging-
banal kay Cristo Jesus, tinawag na mga banal kasama ang lahat
na nasa bawat dako na tumatawag sa pangalan ni Jesu-Cristo na
kanilang Panginoon at ating Panginoon, **3** sumainyo ang biyaya
at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at Panginoong
Jesu-Cristo.

1:1 Gaw 18:17; Rom 1:1; Efe 1:1
1:2 Gaw 2:21; 18:1; Rom 1:7
1:3 Rom 1:7
1:4 Rom 1:8
1:5 2Co 8:7; 9:11
1:6 1Ti 2:6
1:7 Rom 1:11; Tit 2:13; 2Pe 3:12; Pah 1:7
1:8 Flp 1:6, 10; 1Te 3:13; 5:2
1:9 Rom 8:28; 1Te 5:24; Heb 10:23
1:10 Rom 7:1
1:11 Gaw 11:14

Pasasalamat

4 Ako ay palaging nagpapasalamat sa aking Diyos para
sa inyo dahil sa biyaya ng Diyos na ibinigay sa inyo sa
pamamagitan ni Jesu-Cristo, **5** sapagkat kayo ay pinasagana
niya kay Cristo sa bawat bagay sa lahat ng inyong pagsasalita
at sa lahat ng kaalaman, **6** kung paanong ang patotoo♦ ni Cristo
ay pinagtibay sa inyo **7** upang kayo ay hindi magkulang sa
anumang kaloob sa inyong paghihintay na may pananabik sa
kapahayagan ng ating Panginoong Jesu-Cristo, **8** na siya ring
magpapatibay sa inyo hanggang sa wakas, upang kayo ay
hindi maparatangan sa araw ng ating Panginoong Jesu-Cristo.
9 Ang Diyos ay matapat, sa pamamagitan niya ay tinawag kayo
sa pakikipag-isa sa kaniyang Anak na si Jesu-Cristo na ating
Panginoon.

Ang Pagkabaha-bahagi sa Iglesiya

10 Ngayon mga kapatid, isinasamo ko sa inyo sa
pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo
na kayong lahat ay magkaisa sa mga sasabihin ninyo at huwag
magkaroon ng pagkabaha-bahagi sa inyo. Sa halip ay lubos
kayong magkasundo sa isang kaisipan at sa isang pagpapasya,
11 sapagkat ipinahayag sa akin ang patungkol sa inyo, mga
kapatid ko, sa pamamagitan nila na nasa sambahayan ni Cloe

na mayroong mga paglalaban-laban sa inyo. 12Ngayon ito ang
sinasabi ko, na ang bawat isa sa inyo ay nagsasabi, “Ako nga
ay kay Pablo,” at “Ako ay kay Apollos,” at “Ako ay kay Cefas,”
at “Ako ay kay Cristo.” 13Si Cristo ba ay pinagbaha-bahagi?
Si Pablo ba ay ipinako sa krus dahil sa inyo? O kayo ba ay
binawtismuhan sa pangalan ni Pablo?

14Ako ay nagpapasalamat na wala akong binawtismuhan sa
inyo maliban kina Crispo at Gayo 15upang walang sinumang
magsasabi na ako ay nagbabawtismo sa aking pangalan.
16At binawtismuhan ko rin ang sambahayan ni Estefanas.
Patungkol sa iba, wala na akong alam kung may iba pa akong
binawtismuhan 17sapagkat ako ay hindi isinugo ni Cristo upang
magbawtismo kundi upang ipangaral ang ebanghelyo, hindi sa
pamamagitan ng karunungan ng salita upang hindi mawalan ng
halaga ang krus ni Cristo.

1:12 Jua 1:42; Gaw 18:24
1:13 Mat 28:19
1:14 Gaw 18:8; 19:29
1:16 Gaw 11:14
1:17 Jua 4:2; Gaw 2:38
1:18 Gaw 2:47; Rom 1:16; 2Co 2:15; 2Te 2:10
1:20 Rom 1:22; 2Co 4:4; Gal 1:4
1:21 Rom 3:22; 11:14
1:22 Mat 12:38; Jua 2:11
1:23 Luc 2:34; Gal 3:1
1:24 Rom 1:16; 8:28; Col 2:3
1:25 2Co 13:4
1:26 Rom 8:28
1:27 Rom 1:22; San 2:5

Si Cristo ang Karunungan at Kapangyarihan ng Diyos

18Sapagkat ang salita patungkol sa krus ay kamangmangan
nga sa kanila na mga napahamak, ngunit sa atin na mga ligtas,
ito ay kapangyarihan ng Diyos 19dahil nasusulat, “Wawasakin
ko ang karunungan ng mararunong at ipapawalang-kabuluhan
ko ang pang-unawa ng matatalino.”

Isa 29:14

20Nasaan ang marunong? Nasaan ang eskriba♦? Nasaan
ang nakikipagtalo patungkol sa kapanahunang ito? Hindi nga
ba ginawa ng Diyos na kamangmangan ang karunungan ng
sanlibutang ito? 21Sapagkat yamang sa karunungan ng Diyos,
ang sanlibutan ay hindi kumilala sa Diyos sa pamamagitan
ng karunungan, nalugod ang Diyos na iligtas yaong mga
sumasampalataya sa pamamagitan ng kamangmangan ng
pangangaral. 22At yamang ang mga Judio ay humihingi ng
tanda at ang mga Griyego ay naghahanap ng karunungan, 23ang
amin namang ipinapangaral ay si Cristo na ipinako sa krus,
na sa mga Judio nga ay katitisuran ngunit sa mga Griyego ay
kamangmangan. 24Subalit sa kanila na mga tinawag, kapwa
sa mga Judio at sa mga Griyego, si Cristo ang kapangyarihan
ng Diyos at ang karunungan ng Diyos, 25sapagkat ang
kamangmangan ng Diyos ay higit sa karunungan ng mga tao at
ang kahinaan ng Diyos ay higit sa kalakasan ng mga tao.

26Sapagkat nakikita ninyo ang inyong pagkatawag, mga
kapatid, dahil hindi marami ang matalino ayon sa laman, hindi
marami ang makapangyarihan, hindi marami ang maharlika.
27Ngunit pinili ng Diyos ang mga mangmang ng sanlibutan
upang mapahiya ang mararunong, at pinili ng Diyos ang
mga mahihina ng sanlibutan upang mapahiya ang malalakas.

28 At pinili ng Diyos ang mga hindi kilala ng sanlibutan at
ang mga hinamak at mga bagay na walang halaga upang
mapawalang-halaga ang mga bagay na itinuturing na mahalaga,
29 nang sa gayon ang bawat tao ay hindi makapagmalaki sa
harapan niya. 30 Ngunit dahil sa kaniya, kayo ay na kay Cristo
Jesus na siyang naging karunungan at katuwiran at kabanalan
at katubusan para sa atin mula sa Diyos, 31 upang matupad
ang ayon sa nasusulat, "Siya na nagmamalaki, hayaan siyang
magmalaki sa Panginoon."

Jer 9:24

2 Mga kapatid, nang ako ay dumating sa inyo, ako ay hindi
dumating sa pamamagitan ng kahusayan ng pananalita
o ng karunungan sa pagpapahayag ng patotoo ng Diyos sa
inyo, 2 sapagkat hindi ako nagpasya na malaman ang anumang
bagay sa inyo maliban kay Jesu-Cristo at siya yaong ipinako
sa krus. 3 At ako ay naging kasama ninyo sa kahinaan at sa
pagkatakot at sa lubhang panginginig. 4 At ang aking pananalita
at ang aking pangangaral ay hindi sa pamamagitan ng
mapanghikayat na mga pananalita ng karunungan ng tao, sa
halip, ito ay sa pamamagitan ng pagpapatunay ng Espiritu at ng
kapangyarihan, 5 upang ang inyong pananampalataya ay hindi
maging ayon sa karunungan ng tao kundi sa pamamagitan ng
kapangyarihan ng Diyos.

Ang Karunungang mula sa Espiritu

6 Ngunit kami ay nagsasalita ng karunungan sa kanila
na may sapat na gulang na, subalit hindi ang karunungan
ng kapanahunang ito, ni ang karunungan ng mga pinuno
sa kapanahunang ito na nawawalan ng kabuluhan. 7 Subalit
sinasalita namin ang karunungan ng Diyos sa pamamagitan
ng isang hiwaga, ang nakatagong karunungan na itinalaga
ng Diyos bago pa ang kapanahunang ito para sa ating
kaluwalhatian. 8 Ito ay hindi nalaman ng kahit isa sa mga
pinuno ng kapanahunang ito sapagkat kung nalaman nila ito,
ang Panginoon ng kaluwalhatian ay hindi na nila ipinako sa
krus.

9 Ngunit ayon sa nasusulat, "Hindi nakita ng mata at hindi
narinig ng tainga at hindi pumasok sa puso ng mga tao ang
mga bagay na inihanda ng Diyos para sa kanila na umiibig sa
kaniya."

Isa 64:4

10 Subalit ang mga ito ay inihayag ng Diyos sa atin sa
pamamagitan ng kaniyang Espiritu, dahil ang Espiritu ang
sumasaliksik sa lahat ng mga bagay kahit ang malalalim na

1:28 Rom 4:17
1:29 Efe 2:9
1:30 Rom 3:24; 16:3; Flp 3:9
1:31 2Co 10:17
2:2 Gal 6:14
2:3 2Co 7:15; 11:29-30
2:4 Rom 15:13
2:5 2Co 4:7
2:6 Efe 4:13; Flp 3:15; Heb 5:14
2:7 Rom 16:25
2:8 Gaw 7:2; San 2:1
2:10 Mat 13:11; Jua 14:26; 2Co 12:1, 7; Gal 1:12; Efe 3:3,5

bagay ng Diyos, 11sapagkat sino sa mga tao ang nakaalam sa
mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao na nasa kaniya?
Gayundin, walang sinumang nakakaalam sa mga bagay ng
Diyos kundi ang espiritu ng Diyos. 12Ngunit hindi namin
tinanggap ang espiritu ng sanlibutan kundi ang Espiritu na
mula sa Diyos upang malaman na namin ang mga bagay na
ipinagkaloob sa amin ng Diyos.

13Ang mga bagay na ito ay sinasabi rin namin, hindi sa
pamamagitan ng mga salitang itinuro ng karunungan ng tao
kundi sa pamamagitan ng mga salitang itinuro ng Banal na
Espiritu, na inihahambing ang mga espirituwal na bagay sa
mga espirituwal na salita. 14Ngunit ang mga bagay ng Espiritu
ng Diyos ay hindi tinatanggap ng likas na tao sapagkat ito ay
kamangmangan sa kaniya, at hindi niya makakayang malaman
ang mga ito dahil sinisiyasat ito sa kaparaanang espirituwal.
15Subalit ang lahat nga ng mga bagay ay sinisiyasat ng taong
espirituwal, ngunit siya ay hindi sinisiyasat ng sinuman,
16sapagkat "sino ang nakaalam ng isipan ng Panginoon? Sino
ang magtuturo sa kaniya?"

Isa 40:13

Ngunit kami ay nagtataglay ng kaisipan ni Cristo.

Ang Pagkakampi-kampi sa Iglesiya

3 Mga kapatid, ako ay hindi makapagsalita sa inyo katulad
sa mga taong espirituwal ngunit katulad sa mga taong
namumuhay ayon sa laman, katulad sa mga sanggol kay
Cristo. 2Kayo ay pinainom ko ng gatas at hindi ng matigas na
pagkain sapagkat hindi pa ninyo kaya, at kahit hanggang sa
ngayon ay hindi pa ninyo kaya 3sapagkat kayo ay makalaman
pa dahil mayroon pa kayong inggit at pagtatalo-talo at mga
pagkakabaha-bahagi. Hindi nga ba kayo ay makalaman at
namumuhay bilang tao? 4Sapagkat kapag may nagsasabi, "Ako
ay kay Pablo," at ang iba, "Ako ay kay Apollos," hindi nga ba
kayo ay makalaman?

5Sino nga si Pablo at sino si Apollos kundi mga
tagapaglingkod na sa pamamagitan nila ay sumampalataya
kayo ayon din sa ibinigay ng Diyos sa bawat isa? 6Ako ang
nagtanim, si Apollos ang nagdilig ngunit ang Diyos ang
nagpapalago. 7Kung kaya siya na nagtanim at siya na nagdilig
ay hindi mahalaga, kundi ang Diyos na nagpapalago. 8Ngunit
siya na nagtatanim at siya na nagdidilig ay isa, at ang bawat isa
ay tatanggap ng kani-kaniyang gantimpala ayon sa kaniyang
pagpapagal.

9Dahil kami ay mga kamanggagawa ng Diyos, kayo ang
taniman ng Diyos at ang gusali ng Diyos. 10Ayon sa biyaya

2:12 Rom 8:15; San 2:5
2:14 Jua 14:17
2:15 Gal 6:1
2:16 Jua 15:15; Rom 11:34
3:1 Rom 7:14
3:2 Jua 16:12; Heb 5:12-14; 1Pe 2:2
3:3 Rom 13:13; Gal 5:20
3:5 Gaw 18:24; 2Co 6:4; Efe 3:7; Col 1:23,25
3:6 Gaw 18:4-11
3:8 Mat 25:21
3:9 Mar 16:20; 2Co 1:1, 6; Efe 2:20-22; 1Te 3:2; 1Pe 2:5
3:10 Rom 12:3; 15:20; Efe 2:20

ng Diyos na ipinagkaloob sa akin, inilagay ko ang saligan
katulad ng isang marunong na punong tagapagtayo at iba ang
nagtatayo roon. Subalit mag-ingat ang bawat isa kung papaano
siya nagtatayo roon, **11**sapagkat wala nang ibang saligan ang
mailalagay ng sinuman maliban sa nakalagay na, siya ay
si Jesu-Cristo. **12**Ngunit kung ang sinuman ay nagtatayo sa
saligang ito ng ginto, pilak, mga mamahaling bato, mga kahoy,
damo o dayami, **13**ang gawa ng bawat isa ay mahahayag dahil
ang Araw ang maghahayag nito sapagkat sa pamamagitan ng
apoy ay ipinapakita ito. At ang anumang uri ng gawa ng bawat
isa, ito ay susubukin ng apoy. **14**Kung nananatili ang gawa
na itinayo ng sinuman sa saligang ito, siya ay tatanggap ng
gantimpala. **15**Kung ang gawa ng sinuman ay masunog, siya ay
mawawalan. Ngunit siya ay maliligtas, lamang sa pamamagitan
ng apoy.

16Hindi ba ninyo alam na kayo ang banal na dako ng templo♦
ng Diyos at ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa inyo? **17**Ang
sinumang wawasak sa banal na dako ng templo ng Diyos, siya
ay wawasakin ng Diyos sapagkat ang banal na dako ng templo
ng Diyos ay banal, at kayo ang dakong iyon.

18Huwag dayain ng sinuman ang kaniyang sarili. Kung
ang sinuman sa inyo ay nag-iisip na siya ay marunong sa
kapanahunang ito, hayaan siyang maging mangmang upang
siya ay maging marunong, **19**sapagkat ang karunungan ng
sanlibutang ito ay kamangmangan sa Diyos, dahil nasusulat,
"Hinuhuli niya ang mararunong sa kanilang katusuhan."
Job 5:13

20At muli, "Nalalaman ng Panginoon ang kaisipan ng
mararunong, na ang mga ito ay walang kabuluhan."
Awi 94:11

21Kung kaya, ang sinuman ay huwag magmalaki sa mga tao
sapagkat ang lahat ng mga bagay ay sa inyo: **22**kahit si Pablo,
o si Apollos, o si Cefas, o ang sanlibutan, o ang buhay, o ang
kamatayan, o ang kasalukuyang mga bagay, o ang mga bagay
na dumarating, ang lahat ay sa inyo. **23**Ngunit kayo ay kay
Cristo at si Cristo ay sa Diyos.

Ang mga Apostol ni Cristo

4 Hayaang kami ay kilalanin ng mga tao sa ganitong paraan
bilang mga lingkod ni Cristo at tagapangasiwa ng mga
hiwaga ng Diyos. **2**Gayundin naman, kinakailangan na ang
sinuman sa mga tagapangasiwa ay matagpuang matapat.
3Ngunit para sa akin, ito ay napakaliit na bagay na ako ay
masiyasat sa pamamagitan ninyo, o sa pamamagitan ng
paghatol ng tao, at kahit ang aking sarili ay hindi ko sinisiyasat

3:11 Efe 2:20
3:13 2Co 5:10; 2Ti 1:12
3:15 Jud 1:23
3:16 Rom 8:9; 2Co 6:16; Efe 2:21-22; Heb 3:6
3:18 Gal 6:3
3:19 Rom 1:22
3:21 Rom 8:32
3:22 Rom 8:38
3:23 2Co 10:7; Gal 3:29
4:1 Rom 16:25; Tit 1:7

4:4 Gaw 23:1; Rom 2:13; 2Co 10:18
4:5 Mat 7:1-2; Rom 2:29; 1Te 2:19
4:7 Jua 3:27; Rom 12:3,6
4:8 Pah 3:17-18
4:9 Rom 8:36; Heb 10:33
4:10 Gaw 17:18; 2Co 11:19
4:11 Rom 8:35; 2Co 11:23-27
4:12 Mat 5:44; Gaw 18:3; Rom 12:14; 1Pe 3:9
4:14 2Te 3:14
4:16 Flp 3:17; 2Te 3:7,9
4:17 Gaw 16:1; 1Ti 1:2

4 sapagkat wala akong alam laban sa aking sarili subalit hindi
ako napawalang-sala sa pamamagitan nito. Ngunit siya na
sumisiyasat sa akin ay ang Panginoon. 5 Kung kaya huwag
ninyong hatulan ang anumang bagay bago dumating ang
panahon hanggang sa makarating ang Panginoon, at siya ang
magbibigay liwanag sa mga lihim na bagay ng kadiliman, at
maghahayag ng mga layunin ng mga puso, at pagkatapos ay
makakamtan ng bawat isa ang papuring mula sa Diyos.

6 Ngunit, mga kapatid, ang mga bagay na ito ay aking
isinagawa sa aking sarili at kay Apollos dahil sa inyo, upang
matutunan ninyo mula sa amin na huwag mag-isip ng mataas
kaysa sa nasusulat upang huwag ninyong ipagmamalaki ang
isa laban sa iba. 7 Sapagkat sino ang gumawa sa iyo na maging
kakaiba sa ibang tao? At ano ang mayroon ka na hindi mo
tinanggap? Ngunit kung ikaw ay tumanggap din, bakit ka
nagmamalaki na parang hindi ka tumanggap?

8 Ngayon kayo ay napuno na, kayo ay yumaman na, kayo ay
naghari na hindi kami kasama. At totoong hangad ko na kayo
ay maghari upang kami rin ay maghaharing kasama ninyo,
9 sapagkat sa aking palagay ay ginawa ng Diyos na kaming mga
apostol ay maging pinakahuli na parang itinalaga sa kamatayan,
upang kami ay maging panoorin para sa sangkatauhan at sa
mga anghel♦ at sa mga tao. 10 Kami ay mga mangmang alang-
alang kay Cristo ngunit kayo ay matatalino. Kami ay mahihina
ngunit kayo ay malalakas. Kayo ay mararangal ngunit kami
ay mga walang dangal. 11 At hanggang sa ngayon kami ay
nagugutom at kami ay nauuhaw at kami ay walang mga damit
at kami ay pinahihirapan at kami ay mga walang tirahan. 12 At
kami ay nagpapagal sa paggawa namin sa sarili naming mga
kamay. Kapag kami ay nilalait, kami ay nagpupuri, kapag
kami ay pinagmamalupitan, kami ay nagtitiis. 13 Kapag kami
ay pinagwiwikaan ng masama, kami ay sumasamo. Kami ay
naging parang mga basura ng sanlibutan at mga hamak sa lahat
ng mga bagay hanggang sa ngayon.

14 Hindi ko isinusulat ang mga bagay na ito upang kayo
ay hiyain, kundi kayo ay pinaaalalahanan ko bilang mga
minamahal na anak, 15 sapagkat kahit magkaroon kayo ng
sampung libong guro kay Cristo, gayunpaman hindi marami
ang inyong ama, dahil kay Cristo Jesus ay naging mga anak ko
kayo sa pamamagitan ng ebanghelyo. 16 Kaya ako ay sumasamo
sa inyo na kayo ay maging tagasunod ko. 17 Dahil dito, isinugo
ko sa inyo si Timoteo na minamahal kong anak na matapat
sa Panginoon. Siya ang magpapaalala sa inyo ng aking mga
paglalakbay kay Cristo kung paano ako nagtuturo sa bawat
iglesiya sa lahat ng dako.

18 Ngunit ang ilan sa inyo ay nagmamalaki na parang hindi
na ako pupunta sa inyo. 19 Ngunit kapag loloobin ng Panginoon
ay pupunta ako sa inyo sa lalong madaling panahon at aking
malalaman hindi ang salita ng mga nagmalaki na kundi ang
kapangyarihan 20 sapagkat ang paghahari ng Diyos ay hindi
sa salita kundi sa kapangyarihan. 21 Ano ang ninanais ninyo?
Pupunta ba ako sa inyo sa pamamagitan ng pamalo, o sa
pamamagitan pag-ibig at sa espiritu ng kaamuan?

Itiwalag ang Kapatid na Masama

5 Pangkaraniwang naririnig na mayroong pakikiapid sa inyo
at ang ganitong uri ng pakikiapid ay hindi nababanggit
kahit sa mga Gentil♦, na ang isa sa inyo ay kinakasama ang
asawa ng kaniyang ama. 2 At kayo ay nagmamalaki pa, at sa
halip ay hindi kayo nagdalamhati upang maitiwalag mula sa
inyong kalagitnaan yaong gumawa ng gawaing ito. 3 Sapagkat
ako nga ay humatol na sa kaniya na gumawa ng gayong
bagay kung paanong ako ay naririyan sa inyo, bagaman ako
ay wala sa inyo sa katawan ngunit kasama ninyo sa espiritu.
4 Sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo, habang kayo
ay nagtitipon at kasama ang aking espiritu sa pamamagitan
ng kapangyarihan ng ating Panginoong Jesu-Cristo, 5 ay
ibigay kay Satanas ang ganiyang tao para sa pagkawasak ng
kaniyang katawan upang maligtas ang kaniyang espiritu sa
Araw ng Panginoong Jesus.

6 Ang inyong pagyayabang ay hindi mabuti. Hindi ba
ninyo alam na ang kaunting pampaalsa ay nagpapaalsa
sa buong masa ng harina? 7 Kaya alisin ninyo ang lumang
pampaalsa upang kayo ay maging bagong masa ng harina
kung paanong kayo ay walang pampaalsa sapagkat si Cristo
rin na ating Paglagpas♦ ay inihandog para sa atin. 8 Dahil
dito ay maipagdiriwang natin ang kapistahan hindi sa
pamamagitan ng lumang pampaalsa, ni hindi sa pamamagitan
ng pampaalsa ng masamang hangarin o ng kasamaan, kundi
sa pamamagitan ng walang pampaalsang tinapay ng katapatan
at ng katotohanan.

9 Isinulat ko sa inyo sa aking liham na huwag kayong
makihalubilo sa mga mapakiapid, 10 ngunit sa anumang
paraan ay hindi sa mga mapakiapid ng sanlibutang ito, o sa
mga sakim, o sa mga mapangamkam, o sa mga sumasamba
sa diyos-diyosan. Yamang dahil sa kanila, dapat na kayo ay
lumabas sa sanlibutang ito. 11 Ngunit ngayon, ako ay sumulat
upang huwag kayong makihalubilo sa sinuman na tinatawag
na kapatid kapag siya ay mapakiapid, o sakim, o sumasamba
sa diyos-diyosan, o mapanirang-puri, o manginginom ng alak,

4:19 Gaw 18:21; 2Co 1:15-16
4:20 Rom 14:17; 15:13
4:21 2Co 1:23
5:3 Col 2:5; 1Te 2:17
5:4 2Te 3:6
5:5 Mat 4:10; 1Ti 1:20
5:6 Mat 16:6, 12; Gal 5:9; San 4:16
5:7 Mar 14:12; 1Pe 1:19
5:9 Efe 5:11; 2Te 3:6,14
5:11 Rom 7:1; 16:17

o mapangamkam. Sa isang katulad niya ay huwag nga kayong kakain na kasama siya.

12 Sapagkat ano naman para sa akin ang humatol sa mga
nasa labas? Hindi nga ba yaong mga nasa loob ang hinahatulan
ninyo? 13 Subalit ang Diyos ang hahatol sa kanila na mga nasa
labas. Kaya inyong itiwalag ang taong masama mula sa inyo.
Deu 17:7

Paghabla Laban sa Kapwa Mananampalataya

6 Nangangahas ba ang sinuman sa inyo na may isang bagay
laban sa isa upang magsakdal sa harap ng hindi matuwid na
hukom at hindi sa harap ng mga banal? 2 Hindi ba ninyo alam
na ang mga banal ang hahatol sa sangkatauhan? At kung kayo
ang hahatol sa sangkatauhan, kayo ba ay hindi karapat-dapat na
tagapaghatol sa pinakamaliit na mga bagay? 3 Hindi ba ninyo
alam na tayo ang hahatol sa mga anghel? Gaano pa kaya sa mga
bagay sa buhay na ito? 4 Kapag kayo nga ay may hahatulan sa
mga bagay sa buhay na ito, ang mga itinuturing ba na walang
halaga sa iglesiya ang inyong pinapahatol? 5 Sinasabi ko ito para
sa inyong kahihiyan. Totoo ba na walang marunong sa inyo?
Wala ba kahit isa na makakapagpasya sa pagitan ng kaniyang
mga kapatid? 6 Sa halip ang kapatid ay naghahabla laban sa
kapatid at ito ay sa harap ng mga hindi mananampalataya.

7 Tunay ngang may pagkakamali sa inyo dahil may mga
paghahabla sa kalagitnaan ninyo. Bakit nga hindi ninyo
matanggap na kayo ay ginawan ng masama? Bakit hindi
ninyo matanggap na kayo ay dinadaya? 8 Sa halip, kayo
ay gumagawa ng masama at nandaraya at ang mga ito ay
ginagawa ninyo sa mga kapatid. 9 Huwag kayong padaya.
Hindi ba ninyo alam na ang mga hindi matuwid, kahit ang
mga mapakiapid, kahit ang mga sumasamba sa diyos-diyosan,
kahit ang mga mangangalunya, kahit ang mga bakla, kahit
ang mga may makalaman na paggamit sa katulad na kasarian
ay hindi magmamana ng paghahari ng Diyos? 10 Kahit ang
mga magnanakaw, kahit ang mga sakim, kahit ang mga
manginginom ng alak, kahit ang mga mapanirang-puri, kahit
ang mga mangingikil ay hindi magmamana ng paghahari ng
Diyos. 11 At dating ganito ang ilan sa inyo, ngunit kayo ay
hinugasan at kayo ay pinaging-banal at kayo ay pinawalang-
sala sa pangalan ng Panginoong Jesus at sa pamamagitan ng
Espiritu ng ating Diyos.

5:12 Mar 4:11
6:1 Mat 18:17
6:2 Mat 19:28; Luc 22:30
6:5 Gaw 1:15
6:6 Rom 7:1; 2Co 6:14-15; 1Ti 5:8
6:7 Mat 5:39-40
6:8 1Te 4:6
6:9 Mat 25:34; Gal 6:7; San 1:16
6:10 1Ti 1:10; Pah 21:8
6:11 Gaw 22:16; Rom 4:25; Efe 2:2

Ang Pakikiapid

12 Ang lahat ng mga bagay ay maaari para sa akin, ngunit
hindi lahat ng mga bagay ay pinakikinabangan. Ang lahat

ng mga bagay ay maaari para sa akin, ngunit ako ay hindi
magpapasakop sa kapangyarihan ng anumang bagay. 13Ang
mga pagkain ay para sa tiyan at ang tiyan ay para sa mga
pagkain, ngunit ito at ang mga iyon ay kapwa sisirain ng
Diyos. Subalit ang katawan ay hindi para sa pakikiapid kundi
para sa Diyos at ang Diyos ay para sa katawan. 14At ang Diyos
na nagbangon din sa Panginoon ay siya ring magbabangon sa
atin sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan.

15Hindi ba ninyo alam na ang inyong mga katawan ay mga
bahagi ni Cristo? Kukunin ko nga ba ang mga bahagi ni Cristo
at gagawin itong mga bahagi ng isang patutot? Huwag nawang
mangyari. 16At hindi ba ninyo alam na ang isang ipinag-iisa
sa patutot ay isang katawan? Sapagkat sinasabi niya, "Silang
dalawa ay magiging isang laman."

Gen 2:24

17Ngunit siya na ipinapagkaisa sa Diyos ay isang espiritu.

18Layuan ninyo ang pakikiapid. Ang bawat kasalanan
na ginagawa ng tao ay sa labas ng katawan, ngunit siya na
nakikiapid ay nagkakasala laban sa sarili niyang katawan.
19At hindi ba ninyo alam na ang inyong katawan ay banal na
dako ng templo ng Banal na Espiritu na nasa inyo at ito ay
tinanggap ninyo mula sa Diyos at kayo ay hindi sa inyong
sarili? 20Dahil kayo ay binili sa halaga, luwalhatiin nga ninyo
ang Diyos sa inyong katawan at sa inyong espiritu na pag-aari
ng Diyos.

Ang Pag-aasawa

7 Ngayon, patungkol sa mga bagay na isinulat ninyo sa
akin, mabuti para sa isang lalaki na huwag manghipo
ng babae. 2Ngunit dahil sa pakikiapid, hayaang makapag-
asawa ang bawat lalaki at hayaang makapag-asawa ang bawat
babae. 3Dapat gampanan ng asawang lalaki ang tungkulin
niya sa kaniyang asawa at gayundin ang asawang babae sa
kaniyang asawang lalaki. 4Ang asawang babae ay walang
kapangyarihan sa sarili niyang katawan kundi ang asawang
lalaki, at gayundin naman ang asawang lalaki ay walang
kapangyarihan sa sarili niyang katawan kundi ang asawang
babae. 5Huwag ninyong pagkaitan ang isa't isa maliban kung
ito ay sa pamamagitan ng kasunduan na sa ilang panahon
ay mailaan ninyo ang inyong mga sarili sa pag-aayuno at
pananalangin. Pagkatapos nito ay magsama kayong muli
upang hindi kayo matukso ni Satanas dahil sa inyong kawalan
ng pagpipigil. 6Ngunit ito ay sinasabi ko bilang pahintulot
at hindi bilang utos, 7sapagkat ninanais ko na ang lahat ng
mga lalaki ay maging katulad ko rin, ngunit ang bawat isa ay

6:13 Rom 12:1; Col 2:22
6:14 Gaw 2:24; Rom 6:5; Efe 1:14,20; 1Te 4:16
6:15 Rom 12:5
6:16 Mat 19:5; Efe 5:31
6:17 Jua 17:21; Rom 8:9-11; Gal 2:20
6:18 Rom 6:12; Gal 5:19; Efe 5:3; 1Te 4:3; Heb 13:4
6:19 Jua 2:21; Rom 14:7
6:20 Mat 20:28; Gaw 20:28; Flp 1:20; Pah 5:9
7:3 1Pe 3:7
7:5 Mat 4:10; 1Te 3:5
7:6 2Co 8:8
7:7 Mat 19:11-12; Rom 12:16

may kani-kaniyang kaloob mula sa Diyos, ang isa nga ay may kaloob na ganito ngunit ang isa ay may kaloob na ganoon.

8 Subalit sa mga walang asawa at sa mga babaing balo ay
sinasabi ko na mabuti para sa kanila kapag sila ay manatiling
katulad ko. **9** Ngunit kung sila ay hindi makakapagpigil, hayaan
silang mag-asawa sapagkat mas mabuti ang mag-asawa kaysa
mag-alab sa pagnanasa.

10 Subalit sa mga may asawa ay iniuutos ko, ngunit hindi
ako kundi ang Panginoon, na huwag humiwalay ang asawang
babae sa kaniyang asawa. **11** Ngunit kapag siya naman ang
hiniwalayan, hayaan siyang manatiling walang asawa, o hayaan
siyang makipagkasundo sa kaniyang asawang lalaki, at huwag
hayaang palayasin ng asawang lalaki ang kaniyang asawang
babae.

12 Ngunit ako ay nagsasabi sa iba, hindi ang Panginoon,
na kung ang sinumang kapatid na lalaki ay may asawang
hindi mananampalataya at siya ay sumasang-ayon na
manahang kasama niya, huwag niyang palayasin ang
kaniyang asawang babae. **13** At ang asawang babae na may
asawa na hindi mananampalataya at sumasang-ayon ang
asawang lalaki upang manahang kasama ng babae, huwag
siyang humiwalay sa asawang lalaki, **14** sapagkat ang asawang
lalaki na hindi mananampalataya ay pinapaging-banal sa
pamamagitan ng asawang babae, at ang asawang babae na
hindi mananampalataya ay pinapaging-banal sa pamamagitan
ng asawang lalaki. Kung hindi gayon, ang inyong mga anak
ay marumi, ngunit ngayon sila ay mga banal. **15** Ngunit kung
ang hindi mananampalataya ay humihiwalay, siya ay hayaang
humiwalay. Ang kapatid na lalaki o kapatid na babae ay wala
na sa ilalim ng pagkaalipin sa ganoong kalagayan. Subalit tayo
ay tinawag ng Diyos sa kapayapaan, **16** sapagkat ano ang alam
mo, ikaw na asawang babae, kung dahil sa iyo ay maliligtas
ang iyong asawa? At ano ang alam mo, ikaw na asawang lalaki,
kung dahil sa iyo ay maliligtas ang iyong asawa?

17 Kung hindi, siya ay lumakad ayon sa bahagi na itinakda
ng Diyos sa bawat tao, kung paanong ang bawat isa ay tinawag
ng Panginoon. At gayundin ang aking ipinagtatagubilin sa
iglesiya. **18** Mayroon bang tinawag sa pagiging nasa pagtutuli?
Hayaang siyang huwag maging hindi nasa pagtutuli. Mayroon
bang tinawag sa hindi pagiging nasa pagtutuli? Hayaan siyang
huwag maging nasa pagtutuli. **19** Ang pagtutuli ay walang
kabuluhan at ang hindi pagtutuli ay walang kabuluhan, ngunit
ang may kabuluhan ay ang pagsunod sa mga utos ng Diyos.
20 Ang bawat tao ay hayaang manatili sa pagkatawag sa kaniya.
21 Ikaw ba ay tinawag na alipin? Huwag mo itong ikabahala.

7:9 1Ti 5:14
7:10 Luc 16:18
7:11 Rom 7:2-3
7:12 2Co 11:17
7:15 Rom 14:19
7:16 Rom 11:14; 1Pe 3:1
7:17 Rom 12:3; 2Co 8:18
7:18 Gaw 15:1-2
7:19 Rom 2:25-27; Gal 5:6; Col 3:11

Ngunit kung magagawa mong ikaw ay maging malaya, gamitin
mong lalo ang iyong pagiging malaya **22**sapagkat siya na
tinawag sa Panginoon bilang alipin ay malaya sa Panginoon.
Gayundin naman siya na tinawag sa Panginoon bilang malaya
ay alipin ni Cristo. **23**Kayo ay binili ng halaga, huwag kayong
maging alipin ng mga tao. **24**Mga kapatid, hayaan ang bawat isa
ay manatiling kasama ng Diyos kung saan siya tinawag.

25Ngunit patungkol sa mga dalagang birhen, wala akong
taglay na utos ng Diyos, subalit ako ay nagbibigay ng payo na
siya ay maging matapat bilang isang taong nakatanggap ng
habag mula sa Diyos. **26**Kaya ipinapalagay ko na ito ay mabuti
dahil sa kasalukuyang pangangailangan, na mabuti para sa
isang tao ang maging ganito. **27**Ikaw ba ay ipinagkasundo na sa
isang asawang babae? Huwag mong hangaring makipaghiwalay.
Ikaw ba ay hiwalay na sa iyong asawang babae? Huwag kang
maghanap ng asawang babae. **28**Ngunit kapag ikaw naman
ay nag-asawa, ikaw ay hindi nagkasala at kapag ang isang
dalagang birhen ay nag-asawa, siya ay hindi nagkasala. Subalit
ang mga may asawa ay daranas ng kahirapan sa buhay at ang
hangad ko ay mailigtas kayo sa mga bagay na ito.

29Ngunit mga kapatid, ito ang sinasabi ko, ang panahon
ay maikli na kaya mula ngayon ang mga lalaki rin, kahit
may mga asawang babae, ay maging katulad ng mga walang
asawa. **30**At sila na mga tumatangis ay maging parang mga
hindi tumatangis, at sila na mga nagagalak ay maging parang
mga hindi nagagalak, at sila na mga bumibili ay maging
parang walang mga pag-aari, **31**at sila na mga nagtatamasa
sa sanlibutang ito ay maging parang mga hindi nagtatamasa
sapagkat ang kaugalian ng sanlibutang ito ay lumilipas.

32Ngunit ninanais ko na kayo ay maging mga walang
kabalisahan. Siya na walang asawa ay nagmamalasakit sa
mga bagay para sa Panginoon kung paano siya magbibigay
lugod sa Panginoon. **33**Subalit ang lalaking nag-asawa ay
nagmamalasakit sa mga bagay ng sanlibutan kung paano siya
magbibigay lugod sa kaniyang asawang babae. **34**Magkaiba
ang babaing may asawa at ang dalagang birhen. Ang babaing
walang asawa ay nagmamalasakit sa mga bagay ng Panginoon
upang siya ay maging banal, kapwa sa kaniyang katawan
at sa kaniyang espiritu, ngunit ang babaing nag-asawa ay
nagmamalasakit sa mga bagay ng sanlibutan kung paano siya
magbibigay lugod sa kaniyang asawang lalaki. **35**At sinasabi
ko ito para sa inyo mismong ikabubuti, hindi upang maglagay
ako ng patibong sa inyo kundi para sa bagay na marangal,
at upang kayo ay makapaglingkod sa Panginoon ng walang
nakakagambala.

7:22
Jua 8:32, 36; Rom 6:22
7:25
2Co 4:1; 8:8; 1Ti 1:13,16
7:29
Rom 13:11-12
7:31
Heb 12:27
7:32
1Ti 5:5
7:34
Luc 2:37

36 Ngunit kung ang isang lalaki ay nag-aakala na hindi
nararapat ang kaniyang asal sa dalagang birhen na kaniyang
inaasahang mapangasawa, kapag inaakala ng babae na siya
ay lagpas na sa gulang, at sa gayon ay dapat nang maganap
ang ninanais ng lalaki na pagpapakasal, hayaan siyang gawin
ito, siya ay hindi nagkakasala. Hayaan silang magpakasal.
37 Ngunit siya na naninindigang matatag sa kaniyang puso,
na hindi napipilitan ngunit may kapamahalaan patungkol
sa sarili niyang kalooban, at ito ay pinagpasyahan niya sa
kaniyang puso na ingatan ang kaniyang dalagang birhen,
mabuti ang kaniyang ginagawa. 38 Kung kaya mabuti rin ang
ginagawa ng isang lalaking ipinapagpakasal, ngunit mas
mabuti ang ginagawa ng lalaking hindi ipinapagpakasal.

39 Ang asawang babae ay nakabuklod na sa pamamagitan
ng batas habang ang kaniyang asawang lalaki ay nabubuhay.
Ngunit kapag ang asawang lalaki ay mamatay, ang kaniyang
asawang babae ay malaya nang magpakasal sa sinumang
ibig niya, ayon lamang sa kalooban ng Panginoon. 40 Subalit
sa aking kaalaman ay mas masaya ang babae kapag siya
ay manatiling walang asawa. At ibinibilang ko rin na ang
Espiritu ng Diyos ay sumasaakin.

7:38 Heb 13:4
7:39 Rom 7:2-3; 2Co 6:14
8:1 Gaw 15:20; Rom 15:14
8:2 1Ti 6:4
8:3 Rom 8:29; Gal 4:9
8:4 Gaw 14:15; Gal 4:8; Efe 4:6; 1Ti 2:5
8:5 2Te 2:4
8:6 Jua 1:3; Rom 11:36; Efe 4:5
8:7 Rom 14:14
8:8 Rom 14:17

Ang Pagkain na Inihain sa mga Diyos-diyosan

8 Ngayon ay isinusulat ko ang patungkol sa mga bagay na
inihain sa mga diyos-diyosan na alam natin na tayong
lahat ay may kaalaman. Ang kaalaman ay nagpapayabang
ngunit ang pag-ibig ay nagpapatatag. 2 At kung ang sinuman
ay nag-aakala na alam niya ang anumang bagay, wala pa
siyang alam sa dapat niyang malaman. 3 Ngunit kung ang
sinuman ay umiibig sa Diyos, ang taong ito ay kilala ng
Diyos.

4 Kaya patungkol sa pagkaing inihain sa mga diyos-
diyosan, alam natin na walang kabuluhan ang diyos-diyosan
sa sanlibutan at wala nang ibang Diyos maliban sa isa. 5 At
kahit na marami yaong tinatawag na mga diyos, kahit sa
langit o sa lupa (kung paanong maraming mga diyos at
maraming mga panginoon), 6 gayunpaman, para sa atin ay
may isang Diyos, ang Ama na sa kaniya ay nagmula ang lahat
ng mga bagay at tayo ay para sa kaniya, at isang Panginoong
Jesu-Cristo na sa pamamagitan niya ay nagmula ang lahat ng
mga bagay at tayo ay nabubuhay sa pamamagitan niya.

7 Subalit ang kaalamang ito ay hindi nasa sa lahat. At ang
ilan, dahil sa kanilang budhi patungkol sa mga diyos-diyosan,
hanggang sa ngayon ay kumakain bilang hain sa diyos-
diyosan. 8 Ngunit hindi ang pagkain ang naglalapit sa atin sa

Diyos, sapagkat hindi tayo nananagana kapag tayo ay kakain,
ni nagkukulang kapag tayo ay hindi kumain.
9 Ngunit mag-ingat kayo baka ang karapatang ito ay maging
katitisuran sa mga mahihina, 10 sapagkat kapag ikaw na may
kaalaman ay makita ng sinuman, na nakikidulog sa hapag-
kainan ng dambana• ng mga diyos-diyosan, hindi nga ba
ang mahina niyang budhi ay mapapalakas upang kumain
ng mga bagay na hain sa mga diyos-diyosan? 11 At dahil sa
iyong kaalaman, hindi ba mapapahamak ang mahina mong
kapatid kung kanino si Cristo ay namatay? 12 Ngunit habang
nagkakasala kayo ng ganito laban sa inyong mga kapatid at
sinusugatan ninyo ang kanilang mahihinang budhi, kayo ay
nagkakasala laban kay Cristo. 13 Kaya kung ang pagkain ay
makakapagpatisod sa aking kapatid, ako ay hinding-hindi na
kakain ng laman kailanman upang hindi matisod ang aking
kapatid.

8:9 Rom 14:1; 2Co 6:3; Gal 5:13
8:11 Rom 14:15
8:12 Mat 18:6; 25:40,45
8:13 Mat 5:29

Ang mga Karapatan ng Isang Apostol

9 Ako ba ay hindi apostol? Ako ba ay hindi malaya? Si Jesu-
Cristo ba na ating Panginoon ay hindi ko nakita? Kayo ba
ay hindi mga bunga ng aking gawa sa Panginoon? 2 Kung para
sa iba ako ay hindi apostol, gayunpaman para sa inyo, walang
pag-aalinlangan na ako ay isang apostol sapagkat kayo ang
tatak ng aking pagkaapostol sa Panginoon.
3 Ito ang aking tugon sa kanila na mga sumisiyasat sa akin.
4 Kami ba ay walang karapatan upang kumain at uminom?
5 Kami ba ay walang karapatan upang isama ang kapatid
na babae at ang asawang babae katulad din ng ibang mga
apostol at katulad ng mga kapatid sa Panginoon at ni Cefas?
6 At ako lang ba at si Bernabe ang walang karapatan upang
hindi maghanapbuhay? 7 Sa anumang panahon, sino ang
nakikipagdigma sa pamamagitan ng sarili niyang gugol? Sino
ang nagtatanim sa ubasan na hindi kumakain mula sa bunga
nito? Sino ang nag-aalaga ng kawan na hindi kumakain mula sa
gatas ng kawan?
8 Sinasabi ko ba ang mga bagay na ito bilang isang tao? At
hindi nga ba sinasabi rin ng kautusan ang mga bagay na ito?
9 Sapagkat nasusulat sa Kautusan ni Moises, "Huwag mong
bubusalan ang baka habang naggigiik."

Deu 25:4

Ang mga baka ba ang pinagmamalasakitan ng Diyos? 10 Hindi
ba ito ay sinasabi niya dahil sa atin? Walang pag-aalinlangan,
sapagkat nang dahil sa atin ito ay isinulat, siya na nag-aararo
ay dapat mag-araro sa pag-asa, at siya na gumigiik sa pag-asa
ay dapat makabahagi sa kaniyang pag-asa. 11 Kung kami ay

9:1 2Co 12:12
9:2 2Co 3:2-3
9:4 Gaw 18:3
9:5 Mat 12:46
9:6 Gaw 4:36
9:7 2Ti 2:3-4
9:9 1Ti 5:18
9:10 Rom 4:23-24; 2Ti 2:6
9:11 Rom 15:27; Gal 6:6

naghasik sa inyo ng espirituwal na mga bagay, malaking bagay
ba kung kami ay aani sa inyo ng mga bagay para sa katawan?
12 Kung ang iba ay nakikibahagi sa inyo sa karapatang ito, hindi
ba higit pa kami?

Gayunpaman, hindi namin natamasa ang karapatang ito,
sa halip ay binabata namin ang lahat ng mga bagay upang
hindi kami maging hadlang sa ebanghelyo ni Cristo. 13 Hindi
ba ninyo alam na sila na gumagawa ng mga banal na bagay ay
kumakain mula sa templo at sila na naglilingkod sa dambana
ay nakikibahagi sa mga handog sa dambana? 14 Sa gayunding
paraan ay itinalaga ng Panginoon na sila na nangangaral ng
ebanghelyo ay mamumuhay sa ebanghelyo.

9:12 Gaw 18:3; 2Co 6:3
9:14 1Ti 5:18
9:15 Gaw 18:3; 2Co 11:9-10
9:16 Gaw 9:15; Rom 1:16
9:17 Gal 2:7
9:18 2Co 11:7
9:19 Mat 18:15; 2Co 4:5; Gal 5:13; 1Pe 3:1
9:20 Gaw 16:3; Rom 11:14; 16:3
9:21 Rom 2:12, 14; Gal 6:2
9:22 Rom 14:1, 11-14
9:24 Gal 2:2; Flp 2:16; Col 2:18; 2Ti 4:7; Heb 12:1

15 Ngunit ako ay walang tinamasa sa mga bagay na ito
at hindi ko isinulat ang mga bagay na ito upang ganito ang
mangyari sa akin, sapagkat para sa akin ay mas mabuti pang
mamatay kaysa gawing walang kabuluhan ng sinuman ang
aking pagmamalaki, 16 sapagkat kahit na maipangaral ko ang
ebanghelyo, ito ay hindi pagmamalaki para sa akin dahil
ang pangangailangan ay ipinapapasan sa akin. Ngunit ito ay
sa aking aba kapag hindi ko maipangaral ang ebanghelyo
17 sapagkat kung ito ay ginagawa ko nang kusang-loob,
ako ay mayroong gantimpala. Subalit kung ito ay labag sa
aking kalooban, ang pangangasiwa para sa ebanghelyo ay
ipinagkatiwala na sa akin. 18 Ano ngayon ang aking gantimpala?
Ang gantimpala ko ay kapag ipinangangaral ko ang ebanghelyo
at maibigay ko nang walang bayad ang ebanghelyo ni Cristo,
upang hindi ako magmalabis sa aking kapamahalaan sa
ebanghelyo.

19 Sapagkat kahit na ako ay malaya mula sa lahat, ginawa
kong alipin ang aking sarili para sa lahat upang mas marami
ang aking mahikayat. 20 At sa mga Judio, ako ay naging katulad
ng Judio upang mahikayat ko ang mga Judio. Sa kanila na
nasa ilalim ng kautusan, ako ay naging katulad ng nasa ilalim
ng kautusan upang sila na nasa ilalim ng kautusan ay aking
mahikayat. 21 Sa kanila na hindi kumikilala sa kautusan, ako ay
naging katulad ng hindi kumikilala sa kautusan (hindi bilang
hindi kumikilala sa kautusan ng Diyos subalit sa ilalim ng
kautusan kay Cristo) upang sila na hindi kumikilala sa kautusan
ay aking mahikayat. 22 Sa mahihina, ako ay naging mahina
upang ang mahihina ay aking mahikayat. Sa lahat ng mga tao
ay naging ganito ako sa lahat ng mga bagay upang mailigtas
ko ang ilan sa anumang paraan. 23 At ito ay aking ginagawa
alang-alang sa ebanghelyo upang ako ay maging kabahagi ng
ebanghelyo kasama kayo.

24 Hindi ba ninyo alam na ang mga tumatakbo sa paligsahan

ay tumatakbo ngang lahat, ngunit isa ang nagkakamit ng
gantimpala? Sa gayong paraan, tumakbo kayo nang kayo
ay magkamit. 25At ang bawat isang sumasali sa paligsahan
ay nagpipigil sa sarili sa lahat ng mga bagay. Kaya nga nila
ginagawa iyon upang sila ay magkamit ng putong na nasisira,
ngunit tayo ay upang magkamit ng putong na hindi nasisira.
26Kung kaya ako ay tumatakbo na hindi katulad sa walang
katiyakan. Kaya ako ay nakikipaglaban na hindi katulad ng
isang sumusuntok sa hangin. 27Ngunit sinusupil ko ang aking
katawan at pinasusuko ito upang sa aking pangangaral sa iba,
ako mismo ay hindi mawalan ng karapatan.

Mga Babala Mula sa Karanasan ng Israel

10 Higit sa lahat, mga kapatid, hindi ko ninanais na kayo
ay hindi makaalam na ang lahat ng ating mga ninuno
ay nasa ilalim ng ulap, at silang lahat ay tumawid sa dagat, 2at
silang lahat ay binawtismuhan kay Moises sa ulap at sa dagat.
3At ang lahat ay kumain ng isang espirituwal na pagkain, 4at
ang lahat ay uminom ng isang espirituwal na inumin dahil sila
ay uminom mula sa espirituwal na Bato na sumunod sa kanila,
at ang Batong ito ay si Cristo. 5Ngunit ang Diyos ay hindi
nalugod sa karamihan sa kanila kaya pinuksa niya sila sa ilang.

6At ang mga bagay na ito ay mga halimbawa sa atin upang
hindi tayo magnasa ng masasamang bagay katulad din ng
kanilang masidhing mga pagnanasa, 7ni huwag kayong maging
mga sumasamba sa diyos-diyosan katulad ng ilan sa kanila.
Ayon sa nasusulat, "Ang mga tao ay umupo upang kumain at
uminom, at sila ay tumayo upang maglaro,"

Exo 32:6

8ni huwag tayong makiapid katulad ng ilan sa kanila
na nakiapid at sa loob ng isang araw ay bumagsak ang
dalawampu't tatlong libo, 9ni huwag nating susubukin si Cristo
katulad din ng ginawang pagsubok ng ilan sa kanila kaya
sila ay napahamak sa pamamagitan ng mga ahas, 10ni huwag
kayong magbulung-bulungan katulad din ng ilan sa kanila na
nagbulung-bulungan kaya sila ay napahamak sa pamamagitan
ng mangwawasak. 11Ang lahat ng mga bagay na ito ay nangyari
sa kanila bilang mga halimbawa, ngunit ito ay isinulat para
maging babala sa atin na kung kanino ang mga katapusan ng
mga kapanahunan ay dumating

12Kung kaya, siya na nag-aakalang nakatayo ay mag-ingat
at baka siya ay bumagsak. 13Walang pagsubok na dumating sa
inyo maliban sa karaniwang pagsubok sa tao, ngunit ang Diyos
ay matapat na hindi niya pababayaang kayo ay subukin nang
higit sa makakaya ninyo. Subalit kasabay rin ng pagsubok ay

9:25 San 1:12; 1Pe 5:4; Pah 2:10
9:26 1Ti 6:12
9:27 Rom 8:13
10:1 Rom 11:25
10:2 Rom 6:3
10:3 Jua 6:31
10:5 Heb 3:17; Jud 1:5
10:10 Heb 11:28
10:11 Rom 3:11; 4:24
10:12 Rom 11:20; 2Co 1:24
10:13 2Pe 2:9

gagawa siya ng paraan para makaligtas kayo upang makayanan ninyo itong batahin.

Ang Hain sa Diyos-diyosan

14Dahil dito mga minamahal ko, lumayo kayo sa pagsamba
sa diyos-diyosan. **15**Ako ay nagsasalita katulad sa matatalinong
tao, hatulan ninyo kung ano ang aking sinasabi. **16**Ang saro ng
pagpapala na aming pinagpala, hindi ba ito ang pakikipag-isa
sa dugo ni Cristo? Ang tinapay na aming pinagputul-putol,
hindi nga ba ito ang pakikipag-isa sa katawan ni Cristo?
17Sapagkat tayo, yamang marami, ay isang tinapay at isang
katawan dahil ang lahat ay nakikibahagi mula sa isang tinapay.
18Tingnan ninyo ang Israel ayon sa laman. Hindi nga ba sila
na kumakain ng mga hain ay mga kabahagi sa dambana? **19**Ano
ngayon ang aking sasabihin? Sasabihin ko ba na ang diyos-
diyosan ay may kabuluhan, o ang inihain sa diyos-diyosan ay
may kabuluhan? **20**Ngunit sasabihin ko na ang mga bagay na
inihahain ng mga Gentil ay inihahain sa mga demonyo at hindi
sa Diyos. At hindi ko ninanais na kayo ay magiging kabahagi
ng mga demonyo. **21**Hindi ninyo makakayang uminom sa
saro ng Panginoon at sa saro ng mga demonyo. Hindi ninyo
makakayang makibahagi sa hapag ng Panginoon at sa hapag
ng mga demonyo. **22**Binubunsod ba natin ang Panginoon na
manibugho? Mas malakas ba tayo kaysa sa kaniya?

10:14 Heb 6:9; 1Pe 2:11; 1Jn 2:7; 5:1; Jud 1:3
10:16 Mat 14:19; 26:26-28
10:17 Rom 12:5
10:20 Pah 9:20
10:21 2Co 6:15-16
10:24 Rom 15:1-2; Flp 2:4,21
10:25 Gaw 10:15
10:26 1Ti 4:4
10:27 Luc 10:7
10:30 Rom 14:6

Ang Kalayaan ng Mananampalataya

23Ang lahat ng mga bagay ay maaari para sa akin, ngunit
hindi lahat ng mga bagay ay pinakikinabangan. Ang lahat ng
mga bagay ay maaari para sa akin, ngunit hindi lahat ng mga
bagay ay nagpapatibay. **24**Huwag hangarin ng sinuman ang para
sa kaniyang sarili kundi ang para sa kapakanan ng iba.
25Kainin ninyo ang anumang ipinagbibili sa pamilihan at
wala ng tinatanong alang-alang sa budhi **26**sapagkat "ang lupa
at ang kapuspusan nito ay pag-aari ng Panginoon."

Awi 24:1

27Ngunit kung ang sinuman sa mga hindi mananampalataya
ay nag-aanyaya sa inyo at ninanais ninyong pumunta, kainin
ninyo ang lahat ng nakahain sa inyo at wala ng itinatanong
alang-alang sa budhi. **28**Subalit kapag ang sinuman ay magsabi
sa inyo, "Ito ay hain sa diyos-diyosan," huwag kayong kumain
alang-alang sa kaniya na nagsabi nito at alang-alang sa budhi
sapagkat "ang lupa at ang kapuspusan nito ay pag-aari ng
Panginoon." **29**Ang sinasabi ko ay hindi ang iyong sariling
budhi kundi ng iba, sapagkat bakit hahatulan ng budhi ng iba
ang aking kalayaan? **30**Ngunit kung ako ay nakikibahagi na

may pagpapasalamat, bakit ako nilalait dahil sa mga bagay na aking ipinagpapasalamat?

31 Kaya kung kayo man ay kumakain, o umiinom o gumagawa ng anuman, gawin ninyo ang lahat para sa kaluwalhatian ng Diyos. 32 Huwag kayong maging katitisuran sa mga Judio at sa mga Griyego at sa iglesiya ng Diyos, 33 gaya ng hindi ko pagbibigay-lugod sa lahat ng mga tao sa lahat ng mga bagay, at hindi ko hinahangad ang sarili kong kapakinabangan kundi ang kapakinabangan ng marami upang sila ay maligtas.

Ang Nararapat na Pagsamba

11 Kayo ay maging tagasunod ko kung paanong ako rin ay tagasunod ni Cristo.

2 At kayo, mga kapatid, ay aking pinupuri dahil ako ay naalala na ninyo sa lahat ng mga bagay at iniingatan ninyo ang mga kaugalian ayon sa pagkatagubilin ko sa inyo. 3 Ngunit ninanais ko na inyong malaman na ang pangulo ng bawat lalaki ay si Cristo subalit ang pangulo ng bawat babae ay ang lalaki at ang pangulo ni Cristo ay ang Diyos. 4 Ang bawat lalaking nananalangin, o nagpapahayag na may takip sa ulo ay hindi pinapahalagahan ang kaniyang ulo, 5 at ang bawat babaing nananalangin at nagpapahayag na walang takip sa ulo ay hindi pinapahalagahan ang kaniyang ulo sapagkat tulad niya ang isang nagpaahit. 6 Dahil kung ang babae ay walang takip, magpagupit na rin siya. Ngunit yamang kahihiyan para sa babae na siya ay magpagupit, o magpaahit ng ulo, magtakip siya sa ulo, 7 sapagkat totoong ang lalaki ay hindi na dapat magtakip ng ulo yamang siya ang wangis at kaluwalhatian ng Diyos, ngunit ang babae ay ang kaluwalhatian ng lalaki 8 dahil ang lalaki ay hindi nagmula sa babae, ngunit ang babae ay nagmula sa lalaki 9 sapagkat ang lalaki naman ay hindi nilikha para sa babae kundi ang babae ay nilikha para sa lalaki. 10 Dahil dito, ang babae ay kailangang magkaroon ng kapangyarihan sa kaniyang ulo dahil sa mga anghel. 11 Gayunpaman, sa Panginoon ang lalaki ay hindi hiwalay sa babae at ang babae ay hindi hiwalay sa lalaki, 12 sapagkat kung paanong ang babae ay nagmula sa lalaki, gayundin naman ang lalaki ay sa pamamagitan ng babae, ngunit ang lahat ng mga bagay ay nagmula sa Diyos.

13 Kayo ang humatol sa inyong sarili. Nararapat ba sa isang babae na manalangin sa Diyos nang walang takip sa ulo? 14 At hindi ba kahit ang kalikasan mismo ay tinuturuan kayo na kapag ang lalaki nga ay magkakaroon ng mahabang buhok, ito ay kawalan ng dangal sa kaniya? 15 Ngunit kapag ang babae ay magkakaroon ng mahabang buhok, ito ay kaluwalhatian

10:31 Col 3:17
10:32 Mat 5:29; 2Co 6:3; 1Ti 3:5,15
10:33 Rom 11:14; 15:2
11:1 Rom 15:3; 1Pe 2:21
11:2 2Te 2:15
11:3 Efe 1:22; 5:23
11:4 Gaw 11:27
11:5 Gaw 21:9
11:7 San 3:9
11:8 1Ti 2:13
11:12 Rom 11:36

sa kaniya dahil ang mahabang buhok ay ibinigay sa kaniya
sa halip na panakip. 16Subalit kung ang sinuman ay nag-iisip
na tumutol, kami ay walang gayong kaugalian, kahit ang mga
iglesiya ng Diyos.

Ang Hapag ng Panginoon

17Ngunit ito ay sinasabi ko sa inyo, hindi dahil pinupuri ko
kayo sapagkat ang pagtitipon ninyo ay hindi para sa ikabubuti
kundi para sa lalong ikasasama, 18dahil una nga sa lahat,
kapag kayo ay nagtitipun-tipon sa iglesiya, naririnig ko na
mayroong pagkabaha-bahagi sa inyo at pinaniniwalaan ko ang
ilang bahagi. 19Sapagkat hindi maiwasang magkaroon din ng
mga pangkat sa inyo upang sila na mga katanggap-tanggap sa
Diyos ay mahayag. 20Kaya kapag kayo ay nagtitipun-tipon sa
isang dako ito ay hindi pagtitipon upang kumain ng hapunan
ng Panginoon 21sapagkat sa inyong pagtitipon, ang bawat
isa ay unang kumakain ng kaniyang hapunan kaya nga may
nagugutom at may nalalasing. 22Bakit, kayo ba ay walang
mga bahay upang doon kayo kumain at uminom? O kaya,
hinahamak ba ninyo ang iglesiya ng Diyos at ipinapahiya sila
na mga walang pagkain? Ano ang maari kong sabihin sa inyo?
Kayo ba ay pupurihin ko dahil dito? Hindi ko kayo pupurihin.

11:19 1Jn 2:19
11:21 2Pe 2:13; Jud 1:12
11:22 San 2:6
11:23 Gal 1:12
11:25 Luc 22:20
11:27 Heb 10:29
11:28 2Co 13:5
11:30 Mat 9:24
11:31 1Jn 1:9
11:32 Jua 15:18-19; Heb 12:7-10; Pah 3:19

23Sapagkat tinanggap ko mula sa Panginoon ang siya ko
namang ibinigay sa inyo. Dahil ang Panginoong Jesus, nang
gabing siya ay ipinagkanulo, ay kumuha ng tinapay, 24at nang
siya ay nakapagpasalamat, ito ay kaniyang pinagputul-putol, at
sinabi, “Kunin ninyo, kainin ninyo, ito ang aking katawan na
pinagputul-putol alang-alang sa inyo. Gawin ninyo ito para sa
pag-alaala sa akin.” 25At sa gayunding paraan kinuha niya ang
saro, pagkatapos makapaghapunan, na sinasabi, “Ang sarong
ito ay ang bagong tipan♦ sa aking dugo. Gawin ninyo ito para sa
pag-alaala sa akin tuwing kayo ay iinom nito.”

26Sapagkat tuwing kayo ay kakain ng tinapay na ito at iinom
sa sarong ito, inihahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon
hanggang sa siya ay dumating.

27Kung kaya ang sinumang kakain ng tinapay na ito at iinom sa
saro ng Panginoon na hindi karapat-dapat ay magiging may sala sa
katawan at dugo ng Panginoon. 28Kaya suriin ng tao ang kaniyang
sarili at pagkatapos ay hayaan siyang kumain ng tinapay at uminom
sa saro 29sapagkat siya na kumakain at umiinom na hindi karapat-
dapat ay kumakain at umiinom ng kahatulan sa kaniyang sarili
dahil sa hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon. 30Dahil
dito ay marami sa inyo ang mahina at masakitin at marami ang
natutulog. 31Ngunit kung hahatulan natin ang ating mga sarili,
tayo ay hindi mahahatulan. 32Subalit kapag tayo ay hinahatulan,

tayo ay itinutuwid ng Panginoon upang tayo ay hindi mahatulang kasama ng sanlibutan.

33 Kung kaya, mga kapatid ko, kapag kayo ay nagtitipon
upang kumain, maghintayan kayo sa isa't isa. 34 Ngunit kapag
nagugutom ang sinuman, siya ay hayaang kumain sa bahay
upang hindi kayo magtipun-tipon sa kahatulan at ang ibang
mga bagay ay aayusin ko kapag ako ay makarating.

Mga Espirituwal na Kaloob

12 Ngayon, mga kapatid, hindi ko ninanais na kayo ay
walang nalalaman patungkol sa mga espirituwal na
kaloob. 2 Alam ninyo na kayong mga Gentil ay inakay ayon
sa pag-aakay na mapang-akit patungo sa mga diyos-diyosang
hindi nakakapagsalita. 3 Dahil dito, ipinapaunawa ko sa inyo
na walang sinumang tao na nagsasalita sa pamamagitan ng
Espiritu ng Diyos ay nagsasabing si Jesus ay isinumpa at
walang sinumang makakapagsabing si Jesus ay Panginoon
maliban sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

4 At may iba't ibang kaloob ngunit iisa ang Espiritu, 5 at may
iba't ibang paglilingkod ngunit iisa ang Panginoon, 6 at may
iba't ibang gawain ngunit iisa ang Diyos na siyang gumagawa
ng lahat para sa lahat. 7 Ngunit ang kapahayagan ng Espiritu
ay ibinigay para sa kapakinabangan ng bawat isa 8 sapagkat
sa pamamagitan ng Espiritu, sa isa ay ibinigay ang salita ng
karunungan at sa iba ay ibinigay ang salita ng kaalaman sa
pamamagitan ng iisang Espiritu, 9 at sa iba ay ibinigay ang
pananampalataya sa pamamagitan ng iisang Espiritu, at sa
iba ay ibinigay ang kaloob ng pagpapagaling sa pamamagitan
ng iisang Espiritu, 10 at sa iba ay ibinigay ang paggawa ng
mga makapangyarihang gawa, at sa iba ay ibinigay ang
pagpapahayag, at sa iba ay ibinigay ang pagkilala sa mga
espiritu, at sa iba ay ibinigay ang iba't ibang uri ng wika, at sa
iba ay ibinigay ang pagpapaliwanag ng mga wika. 11 Ngunit ang
lahat ng mga ito ay ginagawa ng isa at mismong Espiritu na
nagbabahagi sa bawat isa ayon sa kaniyang kalooban.

Isang Katawan Ngunit Maraming Bahagi

12 Ngunit kung paanong ang katawan ay isa at mayroong
maraming bahagi at lahat ng mga bahagi niyaong katawan,
bagaman marami, ay isang katawan, si Cristo ay gayundin
13 sapagkat sa pamamagitan din ng isang Espiritu ay
binawtismuhan tayong lahat sa isang katawan, kahit ang mga
Judio o ang mga Griyego, kahit ang mga alipin o ang mga
malaya, ang lahat naman ay pinainom sa isang Espiritu 14 dahil
ang katawan din ay hindi isang bahagi kundi marami.

12:1
Rom 1:11; 11:25
12:2
Efe 2:2
12:3
Jua 13:13; Rom 9:3; 1Jn 4:2-3
12:4
Rom 12:4-8; Efe 4:11; Heb 2:4
12:6
Efe 4:6; Flp 2:13
12:7
Efe 4:11-12
12:8
2Co 8:7
12:9
Mat 10:1; 17:19-20
12:10
Mar 16:17; Gal 3:5; Efe 4:11; 1Jn 4:1
12:12
Rom 12:5
12:13
Mar 1:8; Rom 6:3; Gal 3:28; Efe 2:18; Col 3:11

15 Kapag ang paa ay magsabi, “Dahil hindi ako kamay, hindi
ako bahagi ng katawan,” ito ba ay hindi bahagi ng katawan
dahil dito? 16 Kapag ang tainga ay magsabi, “Dahil hindi ako
mata hindi ako bahagi ng katawan,” ito ba ay hindi bahagi ng
katawan dahil dito? 17 Kung mata ang buong katawan, nasaan
ang pandinig? Kung pandinig ang buong katawan, nasaan ang
pang-amoy? 18 Ngunit ngayon ang Diyos ang naglagay ng bawat
isang bahagi sa katawan ayon sa kaniyang kalooban. 19 Ngunit
kung ang lahat ng bahagi ay isa, nasaan ang katawan?
20 Subalit ngayon, marami nga ang bahagi ngunit isa ang
katawan. 21 Kaya ang mata ay hindi makakapagsabi sa kamay,
“Hindi kita kailangan.” Kahit ang ulo ay hindi makakapagsabi
sa paa, “Hindi kita kailangan.” 22 Ngunit higit sa lahat, ang
mga bahagi ng katawan na inaakalang mas mahina ay ang
mga kinakailangan. 23 At ang inaakala nating hindi gaanong
mararangal na mga bahagi ng katawan, ang mga ito ang
binibigyan natin ng higit na karangalan at ang mga hindi
marangal na bahagi ay nagkakaroon pa ng karangalan. 24 Ngunit
ang mararangal nating bahagi ay hindi na kinakailangang
magkaroon ng karangalan. Subalit pinagsama-sama ng Diyos
ang katawan sa pagbibigay ng higit pang karangalan sa may
kakulangan, 25 upang hindi magkaroon ng pagkakabaha-bahagi
sa katawan at upang ang mga bahagi ay magmalasakit ng gayon
para sa isa't isa. 26 At kung ang isang bahagi ay nahihirapan,
ang lahat ng mga bahagi ay kasama niyang nahihirapan. Kung
ang isang bahagi ay pinaparangalan, ang lahat ng mga bahagi
ay kasama niyang nagagalak.

12:20 Rom 12:5
12:27 Rom 12:5; Efe 1:23; Col 1:18,24
12:28 Mar 16:17; Rom 12:6-8; Efe 4:11
13:1 Mar 16:17

27 At kayo ang katawan ni Cristo at mga bahagi ang bawat
isa. 28 At ang mga ito nga ay inilagay ng Diyos sa iglesiya. Una
ay mga apostol, pangalawa ay mga propeta, pangatlo ay mga
guro, kasunod ay mga makapangyarihang gawa, kasunod ay
mga kaloob na biyaya ng pagpapagaling, ng mga pagtulong, ng
mga pamamahala at ng iba't ibang wika. 29 Ang lahat ba ay mga
apostol? Ang lahat ba ay mga propeta? Ang lahat ba ay mga
guro? Ang lahat ba ay gumagawa ng mga makapangyarihang
gawa? 30 Ang lahat ba ay may mga kaloob na biyaya ng
pagpapagaling? Ang lahat ba ay nagsasalita ng mga wika? Ang
lahat ba ay nagpapaliwanag ng mga wika? 31 Ngunit masigasig
ninyong hangarin ang pinakamabuting kaloob na biyaya at
ipapakita ko sa inyo ang higit pa sa pinakamabuting daan.

Ang Pag-ibig

13 Kahit ako ay magsalita ng mga wika ng mga tao at ng
mga anghel, ngunit ako ay walang pag-ibig, ako ay
naging katulad ng tansong umaalingawngaw o kumakalansing

na pompiyang. 2At kahit ako ay magkaroon ng kaloob ng
pagpapahayag at malaman ang lahat ng mga hiwaga at ang
lahat ng kaalaman, at kahit ako ay magkaroon ng lahat ng
pananampalataya upang ilipat ko ang mga bundok, ngunit
ako ay walang pag-ibig, ako ay walang kabuluhan. 3At
kahit ipamigay ko bilang pagkain ng mahihirap ang lahat
kong pag-aari at kahit ibigay ko ang aking katawan upang
sunugin, ngunit ako ay walang pag-ibig, ako ay walang
napakikinabangan.

4Ang pag-ibig ay nagtitiyaga at gumagawa ng kabutihan.
Ang pag-ibig ay hindi naiinggit. Ang pag-ibig ay hindi
ipinagyayabang ang sarili, hindi nagmamalaki, 5hindi
nag-aasal ng hindi nararapat, hindi naghahangad ng
sariling kapakinabangan, hindi madaling magalit at hindi
nagpaparatang ng masama, 6hindi nagagalak sa kalikuan kundi
nagagalak sa katotohanan, 7binabata ang lahat ng mga bagay,
naniniwala sa lahat ng mga bagay, umaasa sa lahat ng mga
bagay at tinitiis ang lahat ng mga bagay.

8Ang pag-ibig ay hindi napupuksa. Ngunit kahit mayroong
mga paghahayag, ang mga ito ay lilipas. Kahit mayroong mga
wika, ang mga ito ay titigil. Kahit mayroong kaalaman, ito ay
lilipas 9sapagkat ang aming nalalaman ay bahagi lamang at
kami ay naghahayag ng bahagi lamang. 10Ngunit kapag yaong
ganap ay dumating, ang bahagi na iyon ay lilipas.

11Nang ako ay bata pa, ako ay nagsasalita katulad ng bata,
ako ay nag-iisip katulad ng bata, ako ay nangangatwiran
katulad ng bata. Ngunit nang ako ay nasa gulang na, iniwan ko
na ang mga bagay na pambata 12dahil sa ngayon ay malabo ang
ating nakikita sa pamamagitan ng salamin, ngunit pagkatapos
nito ay makikita natin nang harapan. Sa ngayon ang aking
nalalaman ay bahagi lamang, ngunit pagkatapos nito ay lubos
akong makakakilala kung paano rin ako ay lubos na nakilala.

13At sa ngayon ay nananatili ang tatlong ito, ang
pananampalataya, ang pag-asa at ang pag-ibig. Ngunit ang pag-
ibig ang pinakadakila sa mga ito.

Ang Pinakamahalagang Kaloob

14 Magpatuloy kayo sa pag-ibig at hangarin ninyo ang mga
espirituwal na kaloob, ngunit higit pa ninyong hangarin
na kayo ay makapagpahayag, 2sapagkat siya na nagsasalita
sa hindi kilalang wika ay hindi sa mga tao nagsasalita kundi
sa Diyos dahil walang sinumang nakakaunawa sa kaniya,
ngunit siya ay nagsasalita ng mga hiwaga sa espiritu. 3Subalit
siya na nagpapahayag sa mga tao ay nagsasalita para sa
ikatitibay, pagpapayo at kaaliwan. 4Siya na nagsasalita sa hindi

13:2
Mat 17:20; Gaw 11:27; 2Co 8:7; Efe 4:11
13:3
Luc 19:8; Gaw 2:45
13:4
1Te 5:14
13:5
1Pe 4:8
13:6
2Te 2:12; 3Jn 1:3-4
13:10
Flp 3:12
13:12
Gal 4:9; 1Jn 3:2
13:13
Mat 22:37-40; Rom 5:2-5; Gal 5:6; Efe 4:2-5; Col 1:4-5; 1Te 1:3; Heb 6:10-12; 1Jn 4:7-12,16
14:1
Efe 4:11
14:2
Mar 16:17
14:3
Rom 14:19
14:4
Mar 16:17

kilalang wika ay pinapatibay ang kaniyang sarili, ngunit siya
na nagpapahayag ay pinapatibay ang iglesiya. 5At ninanais
ko na kayong lahat ay makapagsalita sa hindi kilalang mga
wika, ngunit mas ninanais ko na kayo ay makakapagpahayag
sapagkat siya na naghahayag ay higit kaysa sa nagsasalita sa
hindi kilalang mga wika, maliban na siya ay magpapaliwanag
upang ang iglesiya ay maging matibay.

6At ngayon mga kapatid, kapag ako ay makapunta
sa inyo na nagsasalita sa hindi kilalang mga wika, ano
ang pakikinabangan ko maliban na ako ay magsalita sa
pamamagitan ng pahayag, o sa pamamagitan ng kaalaman,
o sa pamamagitan ng paghahayag, o sa pamamagitan ng
pagtuturo. 7Gayundin ang mga walang buhay na bagay na
nagbibigay ng tunog, kahit ang plawta o alpa, kapag ito ay hindi
magbigay ng malinaw na tunog, paano malalaman kung ano
ang tinutugtog ng plawta o ng alpa? 8At kapag ang trumpeta
ay magbigay ng hindi malinaw na tunog, sino ang maghahanda
ng kaniyang sarili sa pakikipagdigma? 9Gayundin kayo,
kapag sa pamamagitan ng wika ay magbigay kayo ng salitang
hindi madaling maunawaan, paano mauunawaan ang sinasabi
ninyo? Dahil kayo ay magsasalita lang sa hangin. 10Kung ito ay
mangyayari, ang napakaraming uri ng tunog ay nasa sanlibutan
at wala kahit isa ang walang kabuluhang tunog. 11Kaya kapag
hindi ko alam ang kahulugan ng tunog, ako ay katulad ng
isang banyaga sa kaniya na nagsasalita at siya na nagsasalita sa
akin ay barbaro♦ ang katulad. 12Gayundin kayo, yamang kayo
ay masigasig na naghahangad ng mga espirituwal na kaloob,
hangarin ninyo na kayo ay sumasagana para sa ikatitibay ng
iglesiya.

13Dahil dito, siya na nagsasalita sa hindi kilalang wika ay
manalangin na siya ay makapagpaliwanag, 14dahil kapag ako
ay manalangin sa hindi kilalang wika, ang aking espiritu ay
nananalangin ngunit ang aking pang-unawa ay walang bunga.
15Kung gayon, ano ito? Ako ay mananalangin sa espiritu at
mananalangin din ako na may pang-unawa. Ako ay aawit ng
papuri sa espiritu at ako ay aawit ng papuri na mayroon ding
pang-unawa. 16Ngunit kapag ikaw ay magpupuri sa espiritu,
paano makakapagsabi ng "Siya nawa" sa iyong pagpapasalamat
yaong kumakatawan sa taong hindi nakapag-aral yamang
hindi niya alam kung ano ang iyong sinasabi? 17Sapagkat ikaw
nga ay nagpapasalamat nang mabuti ngunit ang iba ay hindi
napapatibay.

18Ako ay nagpapasalamat sa aking Diyos na ako ay
nakakapagsalita sa hindi kilalang mga wika nang higit sa
inyong lahat. 19Subalit mas ninanais kong magsalita sa iglesiya

14:6 Rom 6:17; 2Co 8:7; Efe 1:17
14:15 Efe 5:19
14:16 Mat 14:19; Pah 5:14

ng limang salita na nauunawaan ko upang ako ay makapagturo
rin sa iba kaysa sa sampung libong salita sa hindi kilalang
wika.
20Mga kapatid, huwag kayong maging mga bata sa pag-iisip,
ngunit maging mga sanggol kayo sa masasamang hangarin at sa
pag-iisip ay maging mga lalaking may sapat na gulang na.
21Ito ang nasusulat sa kautusan, "Magsasalita ako sa
mga taong ito sa pamamagitan ng ibang mga wika at sa
pamamagitan ng banyagang mga labi. At kahit sa gayong
paraan, sila ay hindi makikinig sa akin,"

Isa 28:11-12

sinabi ng Panginoon.

Mga Wika Bilang Tanda

22Kung kaya ang hindi kilalang mga wika ay bilang tanda,
hindi para sa kanila na mga sumasampalataya kundi para sa
mga hindi mananampalataya. Ngunit ang paghahayag ay hindi
para sa mga hindi mananampalataya kundi para sa kanila na
mga sumasampalataya. **23**Kaya kapag ang buong iglesiya ay
magtitipun-tipon sa iisang lugar at ang lahat ay magsasalita sa
hindi kilalang mga wika at makapasok ang mga hindi nakapag-
aral o ang mga hindi mananampalataya, hindi ba nila sasabihin
na kayo ay nababaliw? **24**Ngunit kapag ang lahat ay naghahayag
at may pumasok na hindi mananampalataya o hindi nakapag-
aral, siya ay nahihikayat ng lahat at siya ay nasisiyasat ng
lahat. **25**At sa gayong paraan ang mga lihim ng kaniyang
puso ay mahahayag, at sa pamamagitan ng pagpapatirapa ay
sasamba siya sa Diyos at ibinabalita na ang Diyos ay tunay na
sumasainyo.

Ang Maayos na Pananambahan

26Ano ngayon ang dapat gawin, mga kapatid? Kapag
kayo ay magtitipun-tipon, ang bawat isa sa inyo ay may
awit, may katuruan, may hindi kilalang wika, may
kapahayagan, may pagpapaliwanag ng wika. Hayaang
ang lahat ay gawin ninyo para sa ikatitibay. **27**At kung ang
sinuman ay nagsasalita sa hindi kilalang wika, gawin ito ng
dalawahan at ang pinakamarami ay tatluhan, at dapat isa-isa
at hayaang magpaliwanag ang isa. **28**Ngunit kapag walang
tagapagpaliwanag, tumahimik siya sa iglesiya ngunit hayaan
siyang magsalita sa kaniyang sarili at sa Diyos. **29**Subalit
hayaang magsalita ang dalawa o tatlong propeta, at hayaang sila
ay kilalanin ng iba. **30**Ngunit kapag may anumang mahayag sa
isang nakaupo roon, hayaang tumahimik ang nauna, **31**sapagkat
kayong lahat ay isa-isang makapaghayag upang ang lahat ay

14:20
Mat 10:16; Rom 16:19; Efe 4:14; Heb 5:12-13; 1Pe 2:2
14:21
Jua 10:34
14:23
Gaw 2:13
14:25
Rom 2:16
14:26
Rom 7:1; 14:19; Efe 5:19

matuto at mapalakas ang loob ng lahat. 32At ang mga espiritu
ng mga propeta ay nagpapasakop sa mga propeta, 33sapagkat
ang Diyos ay hindi Diyos ng kaguluhan kundi ng kapayapaan
katulad ng sa lahat ng mga iglesiya ng mga banal.

34Hayaang tumahimik ang inyong kababaihan sa loob ng
mga iglesiya dahil hindi ipinahintulot sa kanila na magsalita,
sa halip ay magpasakop sila ayon din sa sinasabi ng kautusan.
35At kung ninanais nilang matuto ng anumang bagay, hayaan
silang magtanong sa sarili nilang mga asawa sa kanilang bahay
sapagkat nakakahiya para sa babae na magsalita sa iglesiya.

36Ang salita ba ng Diyos ay nagmula sa inyo o dumating
lang ito sa inyo? 37Kung ang sinuman ay nag-aakala na siya ay
propeta o espirituwal na tao, kilalanin niya na ang mga bagay
na isinusulat ko sa inyo ay mga utos ng Panginoon. 38Ngunit
kung ang sinuman ay walang nalalaman, hayaan siyang
manatiling walang nalalaman.

39Dahil dito, mga kapatid, inyong hangarin ang
pagpapahayag at huwag ninyong ipagbawal ang pagsasalita sa
mga wika. 40Ang lahat ng mga bagay ay gawin ninyo na may
karangalan at may kaayusan.

Ang Muling Pagkabuhay ni Cristo

15 Higit sa lahat mga kapatid, ipinapaunawa ko sa inyo
ang ebanghelyo na aking ipinangaral sa inyo, ito rin ang
inyong tinanggap at ito rin ang inyong pinanindigan na. 2Sa
pamamagitan nito ay iniligtas kayo, kung humahawak kayong
matatag sa salitang ipinangaral ko sa inyo, maliban na kung
kayo ay sumampalataya nang walang kabuluhan.

3Sapagkat una sa lahat ay ibinigay ko sa inyo ang akin
ding tinanggap, na si Cristo ay namatay para sa ating mga
kasalanan ayon sa mga Kasulatan♦, 4at siya ay inilibing at siya
ay ibinangon sa ikatlong araw ayon sa mga Kasulatan. 5Kaya
siya ay nagpakita kay Cefas, at pagkatapos ay sa labindalawang
alagad. 6Pagkatapos nito ay nagpakita siya nang minsan sa
mahigit na limandaang mga kapatid, na ang karamihan sa
kanila ay nananatili hanggang sa ngayon, ngunit ang ilan ay
namatay na. 7Pagkatapos nito ay nagpakita siya kay Santiago
at pagkatapos ay sa lahat ng mga apostol, 8at sa kahulihulihan,
siya ay nagpakita rin sa akin na katulad sa isang ipinanganak
na wala sa panahon.

9Sapagkat ako ang pinakahamak sa lahat ng mga apostol, na
hindi karapat-dapat tawaging apostol dahil pinagmalupitan ko
ang iglesiya ng Diyos. 10Ngunit sa pamamagitan ng biyaya ng
Diyos ako ay kung sino ako at ang biyaya niya na para sa akin
ay hindi naging walang kabuluhan, sa halip ay nagpagal ako

14:32 1Jn 4:1
14:33 Gaw 9:3; Rom 15:33
14:34 Efe 5:22; 1Ti 2:11-12
14:36 Heb 4:12
14:37 Gaw 11:27; 2Co 10:7; 1Jn 4:6
14:39 Efe 4:11
14:40 Col 2:5
15:1 Rom 2:16; Gal 1:8
15:2 Rom 1:16; 11:22
15:3 Mat 24:27; Jua 1:29; Gaw 17:2; Gal 1:4,12; 1Pe 2:24
15:4 Mat 16:21; Jua 2:21-22
15:5 Mar 16:14; Luc 24:34, 36-43
15:6 Mat 9:24
15:7 Luc 24:33, 36-37; Gaw 1:3-4; 15:13
15:8 Gal 1:16
15:9 Gaw 8:3; 15:10; 2Co 12:11; Efe 3:8; Flp 2:13; Col 1:29; 1Ti 1:15

nang lalong higit pa sa kanilang lahat, subalit hindi ako kundi
ang biyaya ng Diyos na sumasaakin. 11Kaya kahit ako o sila,
sa ganitong paraan kami ay nangangaral at sa ganitong paraan
kayo ay sumampalataya.

Ang Muling Pagkabuhay ng mga Patay

12Ngayon kung si Cristo ay ipinapangaral na siya ay
ibinangon mula sa mga patay, paanong ang ilan sa inyo ay
nagsasabi na walang muling pagkabuhay ng mga patay?
13Ngunit kung walang muling pagkabuhay ng mga patay,
kahit si Cristo ay hindi ibinangon. 14At kung si Cristo ay hindi
ibinangon, ang aming pagpapahayag nga ay walang kabuluhan
at ang inyong pananampalataya ay wala ring kabuluhan. 15At
kami rin ay natutuklasang mga bulaang saksi ng Diyos sapagkat
kami ay nagpatotoo patungkol sa Diyos na ibinangon si Cristo,
siya yaong hindi niya ibinangon kung tunay nga na ang mga
patay ay hindi ibinabangon, 16sapagkat kung ang mga patay ay
hindi ibinabangon, kahit si Cristo ay hindi ibinangon. 17At kung
si Cristo ay hindi ibinangon, ang inyong pananampalataya ay
walang kabuluhan at kayo ay nasa inyo pang mga kasalanan.
18Kaya sila rin na mga namatay kay Cristo ay napahamak.
19Kung sa buhay lamang na ito tayo ay umaasa kay Cristo, tayo
na ang higit na kahabag-habag sa lahat ng mga tao.

20Ngunit ngayon, si Cristo ay ibinangon mula sa mga patay
at siya ang naging unang bunga niyaong mga namatay. 21Kaya
yamang ang kamatayan ay dumating sa pamamagitan ng isang
tao, ang muling pagkabuhay ng mga patay ay dumating sa
pamamagitan din ng isang tao, 22sapagkat kung paanong ang
lahat ay namamatay dahil kay Adan, sa gayunding paraan ang
lahat ay bubuhayin dahil kay Cristo. 23Ngunit ang bawat tao
ayon sa kaniyang pagkakasunod-sunod: si Cristo ang unang
bunga at pagkatapos ay sila na mga na kay Cristo sa kaniyang
pagdating. 24Pagkatapos ay darating ang katapusan, kapag
maibigay niya ang paghahari sa Diyos Ama, kapag kaniyang
mapawalang-bisa ang lahat ng pamumuno, ang lahat ng
kapamahalaan at kapangyarihan, 25sapagkat kinakailangan
na siya ay maghari hanggang sa kaniyang mailagay ang lahat
ng mga kaaway sa ilalim ng kaniyang mga paa. 26Ang huling
kaaway na pinapawalan ng bisa ay ang kamatayan, 27sapagkat
"Siya ang naglagay ng lahat ng mga bagay sa ilalim ng
kaniyang mga paa."

Awi 8:6

Ngunit nang kaniyang sinabi, "ang lahat ng mga bagay ay
inilagay sa ilalim niya," maliwanag na hindi kasama yaong
naglagay ng lahat ng mga bagay sa ilalim niya. 28Ngunit kapag

15:11 Gal 2:6
15:12 Jua 11:24; 2Ti 2:18
15:14 1Te 4:14
15:15 Gaw 2:24
15:17 Rom 4:25
15:18 Mat 9:24
15:20 Mat 9:24; Gaw 26:23; 1Pe 1:3
15:21 Rom 5:12
15:22 Rom 5:14-18
15:23 1Te 2:19
15:24 Rom 8:38; 2Pe 1:11
15:25 Mat 22:44
15:26 2Ti 1:10; Pah 20:14
15:27 Mat 22:44; 28:18
15:28 Flp 3:21

ang lahat ng mga bagay ay mailagay sa ilalim niya, pagkatapos ay ilalagay rin mismo ang Anak sa ilalim niyaong naglagay ng lahat ng mga bagay sa ilalim niya upang ang Diyos ay maging lahat sa lahat.

29 Kung hindi man, ano ang gagawin niyaong mga binabawtismuhan para sa mga patay? Kung tunay na hindi ibinabangon ang mga patay, bakit pa sila binabawtismuhan para sa mga patay? **30** At bakit tayo nanganganib bawat oras? **31** Pinatototohanan ko sa pamamagitan ng inyong kagalakan na aking tinataglay kay Cristo Jesus na ating Panginoon, na ako ay namamatay araw-araw. **32** Kung ayon sa paraan ng tao ay nakipaglaban ako sa mga mababangis na hayop sa Efeso, ano ang kapakinabangan nito sa akin? Kung ang mga patay ay hindi ibinabangon, "Tayo ay kakain at tayo ay iinom sapagkat kinabukasan tayo ay mamamatay."

Isa 22:13

33 Huwag kayong padaya, "Ang masasamang samahan ay sumisira ng magagandang pag-uugali." **34** Gumising kayo sa katuwiran at huwag kayong magkasala sapagkat ang ilan ay walang kaalaman sa Diyos. Sinasabi ko ito para sa inyong kahihiyan.

15:30 2Co 11:26
15:31 Rom 8:36
15:32 Luc 12:19; Gaw 18:19; 2Co 1:8
15:34 Gal 4:8
15:35 Rom 9:19
15:36 Luc 11:40; Jua 12:24
15:42 Mat 13:43
15:43 Flp 3:21; Col 3:4

Ang Katawang Muling Binuhay ng Diyos

35 Ngunit ang ilang tao ay magsasabi, "Papaano ibinabangon ang mga patay? At sa anong katawan sila dumarating?" **36** Ikaw na hangal, ang anumang iyong inihahasik ay hindi binubuhay maliban na hindi ito mamatay. **37** At ang anumang iyong inihahasik, hindi mo inihahasik ang magiging katawan kundi ang butil na walang balat, kung ito man ay butil ng trigo, o ng iba pa. **38** Ngunit ang Diyos ang nagbibigay ng katawan sa kaniya ayon sa kaniyang kalooban, at sa bawat isang binhi ay ibinibigay niya ang sarili nitong katawan.

39 Ang lahat ng laman ay hindi magkatulad na laman, ngunit iba naman ang laman ng mga tao at iba ang laman ng mga hayop at iba ang laman ng mga isda at iba ang laman ng mga ibon.

40 At mayroong mga katawang panlangit at mayroong mga katawang panlupa, ngunit iba nga ang kaluwalhatian ng panlangit at iba ang kaluwalhatian ng panlupa. **41** Iba ang kaluwalhatian ng araw at iba ang kaluwalhatian ng buwan at iba ang kaluwalhatian ng mga bituin, sapagkat ang isang bituin ay higit pa ang kaluwalhatian kaysa sa ibang bituin.

42 Ganito rin ang muling pagkabuhay ng mga patay. Ito ay inihahasik sa kabulukan ngunit ito ay ibinabangon sa walang kabulukan. **43** Ito ay inihahasik sa walang karangalan ngunit

ito ay ibinabangon sa kaluwalhatian. Ito ay inihahasik sa
kahinaan ngunit ito ay ibinabangon sa kapangyarihan. **44**Ito
ay inihahasik na likas na katawan ngunit ito ay ibinabangon
na espirituwal na katawan. Mayroong likas na katawan at
mayroong espirituwal na katawan. **45**At ito ang nasusulat sa
ganitong paraan, "Ang unang tao na si Adan ay naging buhay
na kaluluwa."

Gen 2:7

Ang huling Adan ay naging espiritu na nagbibigay buhay.

46Ngunit hindi nauna ang espirituwal na katawan kundi
ang likas na katawan at pagkatapos ay ang espirituwal na
katawan. **47**Ang unang tao ay panlupa dahil siya ay nagmula
sa lupa. Ang ikalawang tao ay ang Panginoon dahil siya ay
nagmula sa langit. **48**Kung paanong siya ay panlupa, sila rin ay
mga panlupa. Kung paanong siya ay panlangit, sila rin ay mga
panlangit. **49**At kung paano natin tinaglay ang anyong panlupa
ay tataglayin nating gayon ang anyong panlangit.

50Ngayon mga kapatid, ito ang aking sinasabi, na ang
dugo at laman ay hindi makakapagmana ng kaharian ng
Diyos, kahit ang kabulukan ay hindi nagmamana ng walang
kabulukan. **51**Narito, sinasabi ko sa inyo ang isang hiwaga.
Tayong lahat ay hindi nga matutulog ngunit tayong lahat ay
babaguhin **52**sa isang iglap, sa isang kisap mata, sa huling
trumpeta sapagkat ang trumpeta ay tutunog at ang mga patay
ay ibabangon na walang kabulukan, at tayo ay mababago
53dahil kinakailangan na ang may kabulukang ito ay bihisan
ng walang kabulukan at ang may kamatayang ito ay bihisan
ng walang kamatayan. **54**Ngunit kapag ang may kabulukang
ito ay mabihisan ng walang kabulukan at ang may kamatayang
ito ay mabihisan ng walang kamatayan, sa panahong iyon ay
matutupad ang salitang nakasulat, "Ang kamatayan ay nilamon
sa tagumpay."

Isa 25:8

55"O, kamatayan, nasaan ang iyong tibo? O, Hades♦, nasaan
ang iyong tagumpay?"

Ose 13:14

56Ngunit ang tibo ng kamatayan ay ang kasalanan at ang
kapangyarihan ng kasalanan ay ang kautusan. **57**Subalit ang
pasasalamat ay para sa Diyos na siyang nagbibigay sa atin
ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong
Jesu-Cristo.

58Kung kaya minamahal kong mga kapatid, maging matatag
kayo, hindi makilos, na palaging sumasagana sa gawain ng
Panginoon dahil alam ninyo na ang inyong pagpapagal ay
hindi walang kabuluhan sa Panginoon.

15:45 Jua 5:21; Rom 5:14; 8:2
15:47 Jua 3:13,31
15:48 Flp 3:20
15:49 Rom 8:29
15:50 Mat 25:34; Efe 6:12; Heb 2:14
15:51 Mat 9:24; 2Co 5:4; Flp 3:21
15:52 Mat 24:31; Jua 5:25
15:53 2Co 5:2,4
15:54 Heb 2:14; Pah 20:14
15:55 Gaw 13:14
15:56 Rom 4:15; 5:12
15:57 Rom 8:37; 2Co 2:14; Heb 2:14-15

Ang Paglilikom Para sa mga Banal

16 Ngunit patungkol sa paglikom para sa mga banal ay
gayundin ang gawin ninyo katulad sa aking ibinilin sa
mga iglesiya sa Galacia. **2** Tuwing unang araw ng sanlinggo, ang
bawat isa sa inyo ay maglaan sa pamamagitan ng pagbubukod
ayon sa pagpapala ng Diyos sa kaniya upang sa aking
pagdating ay wala nang paglilikom na gagawin. **3** At kapag
ako ay makarating, sinuman ang inyong pinagpasyahan sa
pamamagitan ng sulat, sila ang aking isusugo upang magdala
ng inyong kaloob sa Jerusalem. **4** Ngunit kapag ako rin ay
nararapat na pumunta, sila ay pupuntang kasama ko.

16:1 Gaw 9:13; 16:6; 24:17
16:2 Gaw 20:7; 2Co 9:4-5
16:3 2Co 3:1
16:5 Gaw 16:9
16:6 Rom 15:24; Tit 3:13
16:7 Gaw 18:21
16:8 Gaw 18:19
16:9 Gaw 14:27
16:10 Gaw 16:1
16:11 Gaw 15:33; 3Jn 1:6
16:12 Gaw 18:24
16:13 Gal 5:1; Efe 6:10; Flp 1:27; 1Te 3:8; Tit 1:9
16:15 Gaw 9:13; 18:12; 24:17; Rom 16:5
16:16 1Te 5:12; Heb 13:17
16:17 2Co 11:9; Flp 2:30

Ang Pagdalaw ng mga Kamanggagawa

5 Ngunit ako ay pupunta sa inyo kapag ako ay makadaan sa
Macedonia sapagkat ako ay dadaan sa Macedonia. **6** At maaari
akong manatili sa inyo, o kaya magpapalipas ng taglamig na
kasama kayo upang ako ay masamahan ninyo kahit saan man
ako pupunta, **7** sapagkat hindi ko ninanais na makita kayo
ngayon sa daan, kundi ako ay umaasa na manatili ng ilang
panahon kasama ninyo kapag pahihintulutan ng Panginoon.
8 Subalit ako ay mananatili sa Efeso hanggang sa araw
ng Pentecostes **9** sapagkat ang isang malaki at mabungahing
pintuan ay nabuksan sa akin, ngunit sila na humahadlang ay
marami.
10 At kapag si Timoteo ay makarating diyan, sikapin ninyo
na siya ay makarating na walang takot sapagkat ginagawa niya
ang gawain ng Panginoon katulad din ng ginagawa ko. **11** Kaya
huwag ninyong hayaan na siya ay hamakin ng sinuman, sa
halip, siya ay tulungan ninyong humayo nang mapayapa upang
siya ay makarating sa akin sapagkat ako at ang mga kapatid ay
naghihintay sa kaniya.
12 Ngunit patungkol sa kapatid na si Apollos, ako ay lubos na
nagsumamo sa kaniya na makapunta sa inyo kasama ng mga
kapatid. Subalit hindi ito ang nais niya na siya ay makapunta
ngayon, ngunit siya ay pupunta kapag siya ay magkaroon ng
pagkakataon.
13 Maging mapagbantay kayo, maging matatag kayo sa
pananampalataya, maging matapang kayo, maging malakas
kayo. **14** Gawin ninyo na may pag-ibig ang lahat ng mga bagay.
15 At isinasamo ko sa inyo, mga kapatid, (kilala ninyo ang
sambahayan ni Estefanas na ito ang unang bunga sa Acaya at
itinalaga nila ang kanilang mga sarili sa paglilingkod sa mga
banal,) **16** na magpasakop din kayo sa kanila at sa bawat isa na
kasama naming gumagawa at nagpapagal.
17 At ako ay nagagalak sa pagdating nina Estefanas,

Fortunato at Acaico sapagkat ang mga lalaking ito ang nagpuno
ng inyong kakulangan **18**dahil pinasigla nila ang aking espiritu
at ang inyong espiritu, kaya kilalanin ninyo sila.

Huling Pagbati

19Ang mga iglesiya sa Asya ay bumabati sa inyo. Sina
Aquila at Priscila kasama ang iglesiya na nasa kanilang tahanan
ay lubos na bumabati sa inyo. **20**Ang lahat ng mga kapatid ay
bumabati sa inyo. Magbatian kayo sa isa't isa sa pamamagitan
ng banal na halik.

21Ito ang pagbati ko sa pamamagitan ng sarili kong kamay, si
Pablo.

22Kung ang sinuman ay hindi umiibig sa Panginoong Jesu-
Cristo, siya ay sumpain. Maranatha.*

23Ang biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo ay sumainyo.
24Ang aking pag-ibig sa pamamagitan ni Cristo Jesus ay
sumainyo. Siya nawa.

16:18 Rom 15:32; Flp 2:29; Flm 1:7
16:19 Gaw 2:9; 18:2; Rom 16:5
16:21 Gal 6:11; Col 4:18; Flm 1:19
16:22 Rom 9:3; Efe 6:24; Pah 22:20
16:23 Rom 16:20

* **16:22** *Maranatha*: Sa salitang Chaldea, ito ay nangangahulugan, ang ating Panginoon ay dumating.

ANG IKALAWANG SULAT NI APOSTOL PABLO SA MGA TAGA-CORINTO

Sumulat: Pablo
Para Kanino: Sa iglesiyang nasa Corinto
Taon: A.D. 56

Panimulang Salita sa Ikalawang Sulat sa mga Taga-Corinto

Nang sinulat ni Pablo ang 1 Corinto, sa panahon ng kaniyang ikatlong pang-misyong paglalakbay, siya ay may mabungang paglilingkod sa Efeso. Ninais niyang madalaw ang Corinto sa pangalawang pagkakataon, ngunit sa panahong iyon ay nagpasya siyang manatili sa Efeso dahil sa tagumpay ng ebanghelyo (1Co 16:5-9). Subalit dahil naging mabigat ang suliranin sa Corinto, siya ay naglakbay kaagad patungo roon (2Co 2:1-2). Pagkatapos ng kaniyang pagdalaw, narinig niya na ang suliranin ay hindi pa rin nalutas, ngunit si Pablo ay nagpasyang hindi na muling bumalik sa Corinto (1:23). Sa halip, sumulat siya ng isa pang sulat (2:4, 9).

Si Pablo ay lubhang nabahala kung paano tutugon ang mga taga-Corinto sa kaniyang sulat na ito. Siya ay umasa na magkita sila ni Tito sa Troas upang makarinig ng ulat patungkol sa mga taga-Corinto (2:12; Gaw 20:1-2). Subalit si Tito ay hindi nakarating sa Troas kaya si Pablo ay nagpatuloy hanggang sa Macedonia (2Co 2:13; 7:5). At sa wakas ay natagpuan niya si Tito roon at narinig niya na ang mga taga-Corinto ay nagsisi na at ninais na maging masunurin (7:6-16).

Subalit may mga suliranin pa ring umiiral sa iglesiya sa Corinto. Ang ilang mga bulaang apostol ay mahigpit na sumasalungat sa paglilingkod ni Pablo (11:13-15) at hinihikayat nila ang mga taga-Corinto (11:19-20; 12:11, 20-21). Isinulat ni Pablo ang 2 Corinto sa panahon ng A.D. 56 upang ipagtanggol ang kaniyang sarili at ang kaniyang paglilingkod, iwasto ang iba pang mga suliranin sa Corinto at itakda ang mga panuntunan sa paglilingkod.

Ang 2 Corinto ay may tatlong pangunahing bahagi. Sa kabanatang 1-7, ipinagtatanggol ni Pablo ang kaniyang paglilingkod at nagtuturo patungkol sa tunay na tagapaglingkod ng Diyos. Sa kabanatang 8-9, tinatalakay ni Pablo ang paglilikom ng salapi mula sa mga iglesiya ng mga Gentil para sa mahihirap na mga banal sa Jerusalem. Sa kabanatang 10-13, ipinagtatanggol ni Pablo ang kaniyang sarili laban sa kaniyang mga kaaway at tumutugon sa kanilang mga paratang. Pinatutunayan niya na siya ay isang tunay na apostol at sinasabi ang kaniyang mga paghihirap dahil kay Cristo. Ipinapaliwanag niya na kapag ang isang tagapaglingkod ng Diyos ay mahinang-mahina, ang kapangyarihan ng Diyos sa kaniyang buhay ay kitang-kita. Winakasan ni Pablo ang sulat na ito na may isang malakas na babala upang sundin ang kaniyang mga salita. Kung ang mga taga-Corinto ay tumangging sumunod, si Pablo ay nangako na dadalawin sila at iwawasto ang kanilang suliranin sa isang kahuli-hulihang paraan.

Ang biyaya ng Diyos ay tunay na sapat at ang kaniyang kapangyarihan ay nagiging lubos sa ating kahinaan (12:9). “Kung kailan ako mahina, sa panahong iyon ay malakas ako” (12:10).

Balangkas ng Ikalawang Sulat sa mga Taga-Corinto:

Panimula (*1:1-11*)
I. Ipinagtatanggol ni Pablo ang kaniyang paglilingkod at nagtuturo patungkol sa tunay na tagapaglingkod ng Diyos (*1:12-7:16*).

II. Tinatalakay ni Pablo ang paglilikom ng salapi mula sa mga iglesiya ng mga Gentil para sa mahihirap na mga banal sa Jerusalem (kabanatang 8-9).
III. Ipinagtatanggol ni Pablo ang kaniyang sarili laban sa kaniyang mga kaaway at tumutugon sa kanilang mga paratang (*10:1-13:10*).
Pangwakas (*13:11-14*)

1 Si Pablo, ang apostol ni Jesu-Cristo sa pamamagitan ng
kalooban ng Diyos at si Timoteo na ating kapatid, sa iglesiya
ng Diyos na nasa Corinto kasama ang lahat ng mga banal na
nasa buong Acaya, **2**sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula
sa Diyos na ating Ama at mula sa Panginoong Jesu-Cristo.

Ang Diyos na Nagbibigay ng Lakas-loob

3Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-
Cristo, ang Ama ng kahabagan at Diyos ng lahat ng kaaliwan,
4na siyang nagbibigay sa amin ng kaaliwan sa lahat ng aming
kahirapan upang aming maaliw yaong mga nasa kahirapan sa
pamamagitan ng kaaliwan kung saan kami mismo ay inaaliw
ng Diyos, **5**sapagkat kung paanong sumasagana ang paghihirap
ni Cristo sa amin ay gayundin sumasagana ang aming kaaliwan
sa pamamagitan ni Cristo. **6**Ngunit kung kami ay nahihirapan,
ito ay para sa inyong kaaliwan at kaligtasan na gumagawa
sa pamamagitan ng pagbabata mismo ng mga paghihirap na
dinadanas din namin, o kung kami ay inaaliw, ito ay para sa
inyong kaaliwan at kaligtasan. **7**At tiyak ang aming pag-asa sa
inyo dahil alam namin na kung paanong kayo ay kabahagi sa
mga paghihirap, gayundin kayo ay kabahagi sa kaaliwan.

8Sapagkat hindi namin ninanais mga kapatid, na hindi ninyo
malaman ang aming mga paghihirap na nangyari sa amin sa
Asya, na kami ay labis na nabigatan nang higit sa aming lakas,
kung kaya kami ay nawalan ng pag-asa kahit sa buhay. **9**Ngunit
kami mismo sa aming mga sarili ay may hatol ng kamatayan
upang kami ay hindi na magtiwala sa aming mga sarili kundi
sa Diyos na siyang nagbabangon sa mga patay, **10**na siyang
nagligtas sa amin mula sa malagim na kamatayan at patuloy
na nagliligtas, na sa kaniya ay umasa kami na siya ay patuloy
pang magliligtas. **11**At kayo rin ay sumasamang tumutulong
para sa amin sa pamamagitan ng panalangin, upang ang
pagpapasalamat ay maibigay ng marami alang-alang sa amin sa
kaloob na ibinibigay ng marami.

Nabago ang Pasya ni Pablo

12At ito ang aming ipinagmamalaki, ang patotoo♦ ng aming
budhi, sapagkat kami ay namuhay sa sanlibutang ito na may
katapatan at may kadalisayan sa Diyos na lalong sumasagana

1:1 Gaw 16:1; 18:1,12; 1Co 1:1; 10:32; Efe 1:1; Col 1:1; 2Ti 1:1
1:2 Rom 1:7
1:3 Efe 1:3; 1Pe 1:3
1:4 2Co 7:6-7,13
1:5 Rom 8:17; Gal 6:17; Flp 3:10; Col 1:24; 1Pe 4:13
1:8 Gaw 2:9; Rom 11:25; 1Co 15:32
1:9 Jua 5:21
1:10 Rom 15:31; 1Ti 4:10
1:11 Rom 15:30; 2Co 4:15; Flp 1:19
1:12 Gaw 23:1; 1Co 1:17; 1Te 2:10

para sa inyo, hindi sa pamamagitan ng karunungang pantao
kundi sa biyaya ng Diyos, 13dahil kami ay walang ibang
isinusulat sa inyo maliban sa inyong mga nababasa at inyo ring
kinikilala, at ako ay umaasa na hanggang sa wakas ay inyong
kikilalanin 14ayon din sa pagkilala ninyo sa amin ng bahagya,
dahil kami ay inyong ipinagmamalaki, kayo ay gayundin sa
amin sa Araw ng Panginoong Jesus.

15Dahil sa pagtitiwalang ito, ako ay nagpasyang pumunta
sa inyo noon upang magkaroon kayo ng ikalawang
kapakinabangan, 16at upang dumaan sa inyo sa aking pagpunta
sa Macedonia at muling dumaan sa inyo pagkagaling sa
Macedonia, at upang ako ay makapaghanda sa paglalakbay
patungo sa Judea sa pamamagitan ninyo. 17Kaya nang ako
ay nagpasya, hindi ko ba ito pinag-isipang mabuti? Ang
pagpapasiya ko bang ito ay pagpapasiya ng tao, upang sa akin
ang oo ay oo, at ang hindi ay hindi? 18Ngunit ang Diyos ay
matapat upang ang aming salita sa inyo ay hindi maging oo
at hindi, 19sapagkat ang Anak ng Diyos na si Jesu-Cristo ang
siyang ipinangaral sa pamamagitan ko, kasama sina Silas at
Timoteo, ay hindi naging oo at hindi, kundi sa kaniya ay oo,
20dahil sa kaniya, ang lahat ng mga pangako ng Diyos ay oo
at sa kaniya ang siya nawa, para sa kaluwalhatian ng Diyos
sa pamamagitan namin. 21At siya na nagpapatatag sa amin
kasama ninyo para kay Cristo at siya na nagpahid ng langis sa
amin ay ang Diyos, 22at siya ang nagtatak sa amin at nagbigay
ng katiyakan ng Banal na Espiritu sa aming puso.

23Ngunit ako ay tumawag sa Diyos bilang saksi ng aking
kaluluwa upang kayo ay maligtas, kaya hindi na ako pumunta
sa Corinto 24sapagkat hindi namin pinapangunahan ang inyong
pananampalataya, sa halip ay mga kamanggagawa kami para sa
inyong kagalakan dahil kayo ay nanindigan sa pamamagitan ng
pananampalataya.

2 Kaya ito ang ipinasiya ko sa aking sarili na ako ay hindi
na muling pupunta sa inyo na may pagdadalamhati
2sapagkat kung kayo ay aking pagdadalamhatiin, sino pa ang
magpapasaya sa akin kundi siya na aking pinagdalamhati?

3At ganito ang isinulat ko sa inyo upang sa aking pagdating
ay wala akong pagdalamhati mula sa mga dapat kong
ikinagagalak, na may pagtitiwala sa inyong lahat dahil ang
aking kagalakan ay ang kagalakan ninyong lahat, 4sapagkat sa
maraming kapighatian at kahapisan ng puso, ako ay sumulat
sa inyo sa pamamagitan ng maraming pagluha, hindi upang
kayo ay pagdalamhatiin kundi upang malaman ninyo ang
kasaganaan ng pag-ibig ko sa inyo.

1:14 1Co 1:8
1:15 Rom 1:11,13; 1Co 4:19
1:16 Gaw 16:9; 19:21; 1Co 16:5-7,11; 3Jn 1:6
1:18 1Co 1:9
1:19 Mat 4:3; Gaw 15:22; 16:1; Heb 13:8
1:20 Rom 15:8-9; 1Co 14:16
1:21 1Co 16:13; 1Jn 2:20,27
1:22 2Co 5:5
1:23 Rom 1:9; 1Co 4:21
1:24 Rom 11:20; 1Co 15:1; 1Pe 5:3
2:3 Gal 5:10; 2Te 3:4; Flm 1:21

Pagpapatawad para sa Nagkasala

5Ngunit kung ang sinuman ay nagpadalamhati, hindi ako
nagdalamhati, maliban sa isang bahagi, upang kayong lahat
ay hindi ko labis na mapabigatan. 6Sapat na sa tao na iyon
ang kaparusahang ito na ipinarusa ng karamihan. 7Kung
kaya sa kabila nito, siya naman ay dapat ninyong patawarin at
aliwin baka siya ay mapuno ng labis na kalungkutan. 8Dahil
dito, ako ay sumasamo sa inyo na siya ay bigyan ninyo ng
katiyakan ng inyong pag-ibig, 9sapagkat ito rin ang dahilan
na ako ay sumulat upang malaman ko ang inyong subok na
pag-uugali kung kayo ay naging masunurin sa lahat ng mga
bagay. 10Ngunit ang sinumang pinapatawad ninyo sa anumang
bagay ay pinapatawad ko rin, sapagkat kung pinatawad ko
rin ang anumang bagay, kanino ko man ito ipinatawad, ay
ipinatawad ko alang-alang sa inyo sa harapan ni Cristo 11upang
hindi makapagsamantala si Satanas dahil hindi lingid sa ating
kaalaman ang kaniyang mga layunin.

Mga Lingkod ng Bagong Tipan

12Ngunit nang ako ay pumunta sa Troas upang ipangaral
ang ebanghelyo ni Cristo at isang pinto ang binuksan sa akin
ng Panginoon, 13ako ay hindi nagkaroon ng kapahingahan
sa aking espiritu dahil hindi ko natagpuan si Tito na aking
kapatid. Kaya ako ay nagpaalam sa kanila at ako ay pumunta sa
Macedonia.

14Ngunit salamat sa Diyos na siyang palaging nagbibigay
sa amin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ni Cristo, at ang
samyo ng kaniyang kaalaman ay nahahayag sa lahat ng dako
sa pamamagitan namin, 15sapagkat kami ay mabangong samyo
ni Cristo sa Diyos sa kanila na mga naliligtas at sa kanila na
mga napapahamak. 16Sa iba ay samyo kami ng kamatayan
patungo sa kamatayan, ngunit sa iba ay samyo kami ng
buhay patungo sa buhay. At sino ang karapat-dapat sa mga
bagay na ito? 17Dahil kami ay hindi katulad ng karamihan
na ipinanghahanap-buhay ang salita ng Diyos. Subalit
ayon sa katapatan at ayon sa Diyos, kami ay nagsasalita sa
pamamagitan ni Cristo sa paningin ng Diyos.

3 Nagsisimula ba kaming muli upang papurihan ang
aming mga sarili? O katulad ng ilan, kailangan ba namin
ng sulat ng pagkilala para sa inyo, o ng sulat ng pagkilala
mula sa inyo? 2Kayo ang aming sulat na nakaukit sa aming
mga puso na nalalaman at nababasa ng lahat ng mga tao
3yamang nahahayag na kayo ang sulat ni Cristo na aming
pinaglingkuran, na hindi isinulat sa pamamagitan ng tinta

2:5 1Co 5:1-2
2:6 1Co 5:4-5
2:7 Gal 6:1; Efe 4:32; Col 3:13
2:11 Mat 4:10; Luc 22:31; 1Pe 5:8-9
2:12 Gaw 14:27; Rom 1:1; 1Te 3:2
2:13 Gaw 16:9; Gal 2:1, 3; Tit 1:4
2:14 Rom 6:17; Efe 5:2; Flp 4:18
2:15 1Co 1:18
2:16 Luc 2:34; Jua 3:36
2:17 Gaw 20:33; 1Co 5:8; 1Te 2:5
3:1 Gaw 18:27; Rom 16:1; 1Co 16:3
3:2 1Co 9:2
3:3 Mat 16:16

kundi sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos na buhay, hindi
sa mga tapyas ng bato kundi sa mga tapyas ng pusong laman.
4 At kami ay mayroong ganitong pagtitiwala sa Diyos
sa pamamagitan ni Cristo 5 hindi dahil sa may kakayahan
kami sa aming sarili upang ibilang na ang anumang bagay
ay galing sa aming sarili, kundi ang aming kakayahan ay sa
Diyos 6 na siya rin ang nagbigay ng kakayahan sa amin na
mga tagapaglingkod ng bagong tipan♦, hindi sa pamamagitan
ng kasulatan kundi ng Espiritu dahil ang kasulatan ng
kautusan ay pumapatay, ngunit ang Espiritu ay nagbibigay ng
buhay.

Ang Kaluwalhatian ng Bagong Tipan

7 Subalit kung ang paglilingkod ng kamatayan sa mga
sulat na iniukit sa mga bato ay ginawa na may kaluwalhatian
upang ang mga anak ni Israel ay hindi makatitig sa mukha ni
Moises dahil sa kaluwalhatian ng kaniyang mukha, na ang
kaluwalhatiang iyon ay lumilipas, 8 paanong hindi magiging
lalong maluwalhati ang paglilingkod ng Espiritu? 9 Dahil
kung ang paglilingkod ng kahatulan ay kaluwalhatian, lalo
pang nakahihigit sa kaluwalhatian ang paglilingkod ng
katuwiran 10 sapagkat kahit ang niluwalhati ay hindi naging
maluwalhati sa ganitong paraan dahil sa nangingibabaw
na kaluwalhatian. 11 Dahil kung ang lumilipas ay may
kaluwalhatian, lalo pang higit ang kaluwalhatian niyaong
nananatili.

12 Yamang tinataglay namin ang pag-asang ito, ginagamit
namin ito na may lubos na kalakasan ng loob, 13 at hindi
katulad ni Moises na naglagay ng talukbong sa kaniyang
mukha upang hindi matitigan ng mga anak ni Israel ang
katapusan ng kaluwalhatiang lumilipas. 14 Ngunit ang
kanilang mga pag-iisip ay nabulag dahil hanggang sa ngayon
ang mismong talukbong ng pagbabasa ng lumang tipan ay
nananatili pa na hindi inaalis, na ang talukbong na iyon ay
lumilipas dahil kay Cristo. 15 Subalit hanggang sa ngayon
kapag binabasa ang aklat ni Moises, ang talukbong ay
nakalapat pa sa kanilang puso. 16 Gayunpaman, kapag ito
ay manumbalik patungo sa Panginoon, ang talukbong ay
inaalis. 17 Ngunit ang Panginoon ay ang Espiritu, at kung
saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon ay naroroon ang
kalayaan. 18 Ngunit tayong lahat, na walang nakatalukbong sa
mukha, na nakikitang katulad sa salamin ang kaluwalhatian
ng Panginoon, ay nababago patungo sa gayong anyo mula sa
kaluwalhatian patungo sa kaluwalhatian katulad ng anyong
nagmula sa Panginoon na siyang Espiritu.

3:4 Efe 3:12
3:5 1Co 15:10
3:6 Luc 22:20; Jua 6:63; Rom 2:29
3:7 Rom 4:15
3:9 Rom 1:17
3:12 Gaw 4:29
3:14 Gaw 13:15; Rom 11:7-8
3:16 Rom 11:23
3:17 Jua 8:32; Gal 4:6-7
3:18 Jua 17:22, 24; Rom 8:29; 1Co 13:12

Mga Kayamanan sa mga Sisidlang Putik

4 Dahil dito, yamang tinataglay namin ang paglilingkod na
ito ayon sa pagtanggap namin ng habag, kami ay hindi
pinanghihinaan ng loob. **2**Sa halip ay aming itinakwil ang
mga nakatagong bagay na nakakahiya. Hindi kami lumalakad
sa pandaraya, ni ginagamit sa pandaraya ang salita ng Diyos,
kundi sa pamamagitan ng paghahayag ng katotohanan ay
aming ipinapakilala ang aming mga sarili sa budhi ng bawat
tao sa harapan ng Diyos. **3**At kung ang aming ebanghelyo
ay natakpan, ito ay natakpan sa kanila na napapahamak, **4**na
sa pamamagitan ng diyos ng kapanahunang ito ay binulag
ang mga pag-iisip niyaong mga hindi sumampalataya, upang
hindi magningning sa kanila ang liwanag ng ebanghelyo ng
kaluwalhatian ni Cristo na siyang larawan ng Diyos. **5**Sapagkat
hindi namin ipinapangaral ang aming sarili kundi si Cristo
Jesus na Panginoon, at ang aming sarili ay inyong mga alipin
alang-alang kay Cristo **6**dahil ang Diyos ang siyang nag-
utos upang mula sa kadiliman ay magliwanag ang ilaw na
siyang nagliwanag sa aming mga puso para sa kaliwanagan
ng kaalaman ng kaluwalhatian ng Diyos sa pamamagitan ng
mukha ni Jesu-Cristo.

7Ngunit tinataglay namin ang kayamanang ito sa sisidlang
putik upang ang nangingibabaw na kapangyarihan ay mapunta
sa Diyos at hindi sa amin. **8**Sa lahat ng panig kami ay sinisiil
ngunit hindi nagigipit, kami ay nililito ngunit hindi nawawalan
ng pag-asa, **9**kami ay pinagmamalupitan ngunit hindi
pinababayaan, kami ay ibinabagsak ngunit hindi napapahamak.
10Taglay namin palagi ang kamatayan ng Panginoong Jesus
sa aming katawan upang maipakita ang buhay rin ni Jesus sa
aming katawan, **11**sapagkat kami na nabubuhay ay palaging
ibinibigay sa kamatayan dahil kay Jesus upang ang buhay rin
ni Jesus ay makita sa aming laman na may kamatayan. **12**Kung
kaya ang kamatayan nga ay gumagawa sa amin, ngunit ang
buhay ay gumagawa sa inyo.

13Ngunit dahil tinataglay namin ang iisang espiritu ng
pananampalataya, ayon sa nasusulat, "Ako ay sumampalataya
kaya ako ay nagsalita,"

Awi 116:10

kami rin ay sumampalataya kaya kami rin ay nagsasalita.
14Alam namin na yaong nagbangon sa Panginoong Jesus ay
siya ring magbabangon sa amin sa pamamagitan ni Jesus at
ihaharap kami na kasama ninyo **15**sapagkat ang lahat ng mga
bagay ay alang-alang sa inyo upang ang biyaya na sumagana sa
karamihan ay lalo pang magpapasagana ng pasasalamat para sa
kaluwalhatian ng Diyos.

4:1
1Co 7:25;
1Ti 1:16
4:2
Rom 6:21;
1Co 4:5;
Heb 4:12
4:3
1Co 1:18
4:4
Jua 12:31;
14:4;
1Co 1:20
4:5
1Co 1:13;
9:19
4:6
2Pe 1:19
4:7
1Co 2:5;
2Ti 2:20
4:9
Jua 15:20;
Rom 8:35;
Heb 13:5
4:10
Rom 6:6
4:11
Rom 8:36
4:13
1Co 12:9
4:14
Gaw 2:24;
Efe 5:27;
Col 1:22;
1Te 4:14;
Jud 1:24

16 Dahil dito, kami ay hindi nanghihina at kahit ang aming
panlabas na katauhan ay nabubulok, ang aming panloob na
katauhan naman ay binabago araw-araw, 17 sapagkat ang
kagaanan ng aming panandaliang paghihirap ay nagbubunga
sa amin ayon sa lalong nangingibabaw na timbang ng walang
hanggang kaluwalhatian. 18 Kami ay hindi nakatuon sa mga
bagay na nakikita kundi sa mga bagay na hindi nakikita,
sapagkat ang mga bagay na nakikita ay pansamantala, ngunit
ang mga bagay na hindi nakikita ay walang hanggan.

Ang Ating Tahanan sa Langit

5 Sapagkat alam natin na kapag ang ating panlupang bahay
na toldang ito ay masira, tayo ay mayroong gusaling
mula sa Diyos, isang bahay na hindi gawa ng mga kamay, na
pangwalang hanggan sa kalangitan. 2 At dahil dito, tayo ay
dumaraing at nananabik na maibihis sa atin ang ating tahanang
mula sa langit. 3 At kung tayo nga ay mabihisan, tayo ay hindi
na matatagpuang hubad 4 sapagkat tayo rin na nasa toldang ito
ay dumaraing at nabibigatan hindi dahil ibig nating mahubaran
kundi upang mabihisan, nang sa gayon ang may kamatayan ay
malamon sa pamamagitan ng buhay. 5 Ngunit ang Diyos ang
siyang gumawa sa atin para sa mismong bagay na ito, na siya
ring nagbigay sa atin ng katiyakan ng Espiritu.

6 Kaya tayo ay palaging may lakas ng loob at alam natin na
habang tayo ay nananahan sa katawang ito, tayo ay wala sa
tahanang mula sa Panginoon 7 sapagkat tayo ay namumuhay
sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi sa pamamagitan
ng mga bagay na nakikita. 8 Gayunpaman, tayo ay may lakas
ng loob at higit na ninanais na mawala mula sa katawan at
manahang kasama ng Panginoon.

9 Dahil dito, tayo rin ay naghahangad upang maging
kaluguran sa kaniya, tayo man ay nananahan sa katawan o wala
sa katawan, 10 sapagkat tayong lahat ay kailangang tumayo sa
harapan ng luklukan ng paghatol ni Cristo upang ang bawat isa
ay tatanggap ng mga bagay patungkol sa kaniyang ginawa ukol
sa katawan, ito man ay mabuti o masama.

Ang Pakikipagkasundo ng Tao sa Diyos

11 Kaya dahil alam namin ang pagkatakot sa Panginoon,
hinihikayat namin ang mga tao. Ngunit kami ay nahayag sa
Diyos at ako ay umaasa na mahayag din sa inyong mga budhi.

12 Sapagkat hindi namin ipinapakilalang muli ang aming
mga sarili sa inyo, sa halip ay ibinibigay namin sa inyo ang
pagkakataong magmalaki dahil sa amin, upang kayo ay
magkaroon ng sagot sa kanila na ang pagmamalaki ay panlabas

4:16 Rom 7:22; Col 3:10
4:17 Rom 8:18; 1Pe 1:6-7
4:18 Rom 8:24; Heb 11:1
5:1 1Co 15:47; 2Pe 1:13-14
5:2 Rom 8:23; 1Co 15:53-54
5:4 Rom 8:23; 1Co 15:53-54
5:5 Rom 8:23; Efe 1:13-14
5:7 1Co 13:12
5:8 Jua 12:26; Gal 4:20
5:9 Rom 14:18; Efe 5:10; Col 1:10; 1Te 4:1
5:10 Mat 16:27; Gaw 10:42; Rom 2:16; Efe 6:8
5:11 Heb 10:31; Jud 1:23

ngunit hindi mula sa puso, 13dahil kung kami ay wala sa aming
sarili, iyon ay para sa Diyos at kung kami ay nasa wastong pag-
iisip, iyon ay para sa inyo. 14Sapagkat ang pag-ibig ni Cristo
ang nag-uudyok sa amin, dahil dito, aming pinagpasyahan na
kung may isang namatay para sa lahat, gayundin ang lahat
ay namatay. 15At siya ay namatay para sa lahat upang sila na
nabubuhay ay hindi na mamuhay sa anumang paraan para sa
kanilang sarili, kundi para sa kaniya na namatay at ibinangon
alang-alang sa kanila.

16Kung kaya mula ngayon ay wala na kaming nakilalang
sinumang tao ayon sa laman. Ngunit kahit nakilala namin si
Cristo ayon sa laman, gayunpaman ngayon ay hindi na namin
kilala sa ganitong paraan. 17Kaya kung ang sinuman ay na
kay Cristo, siya ay bagong nilalang, ang mga dating bagay ay
lumipas, narito, ang lahat ng mga bagay ay naging bago. 18At
ang lahat ng mga bagay ay mula sa Diyos, na sa pamamagitan
ni Jesu-Cristo tayo ay ipinagkasundo niya sa kaniyang sarili at
ibinigay niya sa atin ang paglilingkod ng pakikipagkasundo.
19Dahil kung paanong ang Diyos ay na kay Cristo na
ipinagkasundo ang sanlibutan sa kaniyang sarili, hindi niya
ibinibilang sa kanila ang kanilang mga pagsalangsang at
ipinagkatiwala niya sa atin ang salita ng pakikipagkasundo.

20Ngayon, kami ay mga kinatawan para kay Cristo, kung
paanong ang Diyos ay sumasamo sa inyo sa pamamagitan
namin, kami ay namamanhik na kayo ay makipagkasundo
sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo 21sapagkat siya na hindi
nagkasala ay ginawang kasalanan alang-alang sa atin upang sa
pamamagitan niya, tayo ay maging katuwiran ng Diyos.

6 At dahil kami ay mga magkamanggagawa, kami ay
sumasamo sa inyo na huwag ninyong tanggapin ang biyaya
ng Diyos nang walang kabuluhan, 2sapagkat sinasabi niya,
“Sa panahong nararapat ay pinakinggan kita, at sa araw ng
kaligtasan ay tinulungan kita.”

Isa 49:8

Narito, ngayon ang panahong katanggap-tanggap. Narito,
ngayon ang araw ng kaligtasan.

Ang mga Paghihirap ni Pablo

3Kami ay hindi nagbigay kaninuman ng anumang dahilan
ng katitisuran upang hindi mapulaan ang paglilingkod. 4Sa
halip, bilang mga tagapaglingkod ng Diyos ay ipinapakilala
namin ang aming sarili sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan
ng: maraming pagtitiis, sa mga paghihirap, sa mga
pangangailangan, sa mga kagipitan, 5sa mga paghagupit, sa

5:14
Rom 6:6-7;
Gal 2:20;
Col 3:3
5:15
Rom 4:25;
14:7-9
5:17
Jua 1:13;
Rom 6:4;
16:3; Gal
6:15; Pah
21:4-5
5:18
Rom 5:10;
11:36
5:19
Rom 4:8
5:20
Efe 6:20
5:21
Rom 1:17;
1Co 1:30;
Heb 4:15;
1Pe 2:22;
1Jn 3:5
6:1
1Co 3:9;
15:2
6:3
Mat 5:24;
1Co 8:9,13
6:5
Gaw 4:11;
16:23

mga pagkabilanggo, sa mga kaguluhan, sa mga pagpapagal,
sa mga pagpupuyat, sa mga pag-aayuno, 6 sa kadalisayan, sa
kaalaman, sa pagtitiis, sa kabutihan, sa Banal na Espiritu,
sa walang pakunwaring pag-ibig, 7 sa salita ng katotohanan,
sa kapangyarihan ng Diyos, sa pamamagitan ng sandata ng
katuwiran sa kanan at sa kaliwang kamay, 8 sa pamamagitan
ng karangalan at kawalang karangalan, sa pamamagitan ng
masamang ulat at mabuting ulat, itinulad sa mga mandaraya
ngunit mga matapat, 9 itinulad sa mga hindi kilala ngunit
mga kilalang-kilala, itinulad sa mga namamatay, ngunit,
narito, mga nabubuhay, itinulad sa mga pinarurusahan
ngunit hindi pinapatay, 10 itinulad sa mga namimighati ngunit
palaging nagagalak, itinulad sa mga dukha ngunit maraming
pinapayaman, itinulad sa walang tinatangkilik na anuman
ngunit nagtatangkilik ng lahat ng mga bagay.

11 Kayong mga taga-Corinto, ang aming bibig ay bukas
at ang aming puso ay pinalawak para sa inyo. 12 Kayo ay
hindi nagigipit dahil sa amin kundi kayo ay nagigipit dahil
sa inyong sariling damdamin. 13 Kaya bilang tugon, ako
ay nagsasalita katulad sa aking mga anak, kayo rin ay
magpalawak.

6:6 Rom 12:9; 1Co 2:4; 1Te 1:5; 1Ti 1:5
6:7 Rom 13:12; Efe 6:10-18
6:8 Mat 27:63; 1Co 4:10,13
6:9 Rom 8:36
6:10 Mat 5:12; Rom 8:32; 1Co 3:21
6:13 1Te 2:11
6:14 1Co 5:9-10; 6:6; Efe 5:7,11; 1Jn 1:6
6:15 1Co 6:6; 10:21
6:16 1Co 3:16; 6:19; 10:21; Pah 21:3
6:17 Pah 18:4
6:18 Rom 8:14

Huwag Makipamatok sa Hindi Mananampalataya

14 Huwag kayong makipamatok sa hindi mananampalataya
sapagkat anong pakikisama mayroon ang katuwiran sa
hindi pagkilala sa kautusan? At anong pakikipag-isa
mayroon ang liwanag sa kadiliman? 15 At anong kasunduan
mayroon si Cristo kay Belial*? O anong bahagi mayroon ang
mananampalataya sa hindi mananampalataya? 16 At anong
pagkakasundo mayroon ang banal na dako ng templo♦ ng
Diyos sa mga diyos-diyosan? Sapagkat kayo ang banal na
dako ng templo ng Diyos na buhay. Katulad ng sinabi ng
Diyos, "Mananahan ako sa kanila at lalakad sa gitna nila at
ako ay magiging Diyos nila at sila ay magiging aking bayan."
Exo 29:44; Lev 26:12; Jer 32:38; Eze 37:27

17 Kung kaya, "Lumabas kayo mula sa kalagitnaan nila at
kayo ay humiwalay, sabi ng Panginoon, at huwag kayong
humawak ng maruming bagay at kayo ay aking tatanggapin."
Isa 52:11

18 "Ako ay magiging ama sa inyo at kayo ay magiging mga
anak sa akin, sabi ng Panginoong Makapangyarihan sa
lahat."
2Sa 7:14; 1Cr 17:13; Jer 31:1

* **6:15** *Belial*: Salitang Hebreo na ang kahulugan ay pagiging walang kabuluhan, walang kabutihang asal, o mayroong masamang pag-uugali.

7 Kaya mga minamahal, yamang tinataglay natin ang mga
pangakong ito, linisin natin ang ating mga sarili mula sa
lahat ng karumihan ng laman at espiritu, na ating ginagawang
ganap ang kabanalan sa pagkatakot sa Diyos.

Ang Kagalakan ni Pablo

2 Tanggapin ninyo kami, wala kaming ginawang kamalian
kaninuman, wala kaming ginawang masama kaninuman, wala
kaming ginawang pagsasamantala kaninuman. 3 Hindi ko ito
sinasabi upang kayo ay hatulan sapagkat sinabi ko na noong
una, na kayo ay nasa aming puso upang mamatay na kasama
namin at mabuhay na kasama namin. 4 Lubos ang lakas ng
aking loob para sa inyo, lubos ang aking pagmamalaki dahil
sa inyo sapagkat ako ay napuspos ng kaaliwan at ako ay nag-
uumapaw sa kagalakan sa lahat ng aming paghihirap.

5 Sapagkat kahit nang kami ay dumating sa Macedonia,
ang aming katawan ay walang kapahingahan at kami ay
pinahihirapan sa lahat ng panig, sa labas ay pag-aaway-away at
sa loob ay pagkatakot. 6 Ngunit ang Diyos na siyang umaaliw
sa mga mababang kalagayan ang siyang umaaliw sa amin sa
pamamagitan ng pagdating ni Tito. 7 Hindi lamang dahil sa
kaniyang pagdating subalit kahit sa kaaliwang tinanggap niya
sa inyo nang sinabi niya sa amin ang inyong pananabik, ang
inyong kalungkutan at ang inyong kasigasigan alang-alang sa
akin, kung kaya ako ay lalong nagalak.

8 Sapagkat kahit na kayo ay pinagdalamhati ko sa
pamamagitan ng sulat, sa ngayon ay hindi ko pinagsisisihan
bagaman iyon ay pinagsisihan ko noon dahil nakikita ko ang
sulat na iyon ay nagbigay ng pagdadalamhati sa inyo kahit na
sa maikling panahon. 9 Ako ngayon ay nagagalak hindi dahil
sa kayo ay nagdalamhati kundi dahil kayo ay nagdalamhati
patungo sa pagsisisi, sapagkat kayo ay nagdalamhati ayon sa
paraan ng Diyos upang kayo ay hindi malugi sa anuman sa
pamamagitan namin. 10 Sapagkat ang pagdadalamhati ayon
sa paraan ng Diyos ay nagbubunga ng pagsisisi patungo sa
kaligtasan na hindi pagsisisihan, ngunit ang pagdadalamhating
mula sa sanlibutan ay nagbubunga ng kamatayan. 11 Narito,
sapagkat ang bagay na ito mismo, ang inyong pagdadalamhati
ayon sa paraan ng Diyos ay nagbunga sa inyo ng kasigasigan,
at ng pagtatanggol sa inyong sarili, at ng pagkagalit, at ng
pagkatakot, at ng pagsusumikap at ng paghahangad ng
katarungan. Sa lahat ng mga bagay ay pinatunayan ninyo na
dalisay ang inyong mga sarili sa bagay na ito. 12 Kaya nga, kahit
na ako ay sumulat sa inyo, ito ay hindi dahil sa isang gumawa
ng pagkakamali, ni dahil sa isang ginawan ng pagkakamali

7:1 1Co 10:14; 1Te 4:7; 1Pe 1:15-16
7:3 Flp 1:7
7:5 Gaw 16:9
7:10 Gaw 11:18
7:12 1Co 5:1-2

kundi upang ang aming pagsusumigasig alang-alang sa inyo ay mahayag sa harap ng Diyos.

13 Dahil dito, kami ay naaliw sa kaaliwan ninyo at lalo
kaming nagalak nang lubos sa kagalakan ni Tito sapagkat
sumigla ang kaniyang espiritu dahil sa inyong lahat. 14 Sapagkat
kung ipinagmalaki ko sa kaniya ang anumang patungkol
sa inyo, ako ay hindi napahiya. Ngunit kung paanong kami
ay nagsalita sa inyo ng lahat ng bagay sa katotohanan, ang
amin ding pagmamalaki sa inyo patungkol kay Tito ay
natagpuan na totoo. 15 Kaya lalong higit na sumagana ang
kaniyang mahabaging kalooban sa inyo habang kaniyang
inaalala ang pagsunod ninyong lahat, kung paanong siya ay
inyong tinanggap na may takot at panginginig. 16 Kaya ako ay
nagagalak sapagkat sa lahat ng mga bagay ay lumalakas ang
aking loob dahil sa inyo.

Ang Payo Patungkol sa Pagkakaloob

7:15 1Co 2:3; Flp 2:12
8:1 Gaw 16:9
8:3 1Co 16:2
8:4 Gaw 9:13; 24:17
8:7 Rom 13:14; 1Co 1:5
8:8 1Co 7:6
8:9 Mat 20:28; Rom 3:24; Flp 2:6-8
8:10 1Co 7:25, 40; 16:2-3

8 Ngunit mga kapatid, ipinapaunawa namin sa inyo na
ang biyaya ng Diyos ay ipinagkaloob sa mga iglesiya
sa Macedonia, 2 na kung paanong sa maraming pagsubok
ng kahirapan, ang pag-uumapaw ng kanilang kagalakan at
ang kanilang matinding karukhaan ay lalong nag-umapaw
sa kayamanan ng kanilang pagbibigay, 3 sapagkat aking
pinatotohanan na sila ay lalong nagkusa ayon sa kanilang
kakayahan at higit pa sa kanilang kakayahan, 4 na sa labis na
pagsamo ay ipinamamanhik sa amin na tanggapin namin ang
kaloob at tanggapin kami sa pakikipag-isa sa paglilingkod
para sa mga banal. 5 At hindi ang ayon sa aming inaasahan, sa
halip ay ipinagkaloob muna nila ang kanilang mga sarili sa
Panginoon at sa amin ayon sa kalooban ng Diyos. 6 Dahil dito,
isinamo namin kay Tito na kung paano siya nagsimula noon,
sa gayunding paraan ay lubusin din niya ang kaloob na ito sa
inyo. 7 Subalit kung paanong kayo ay lalong sumasagana sa
lahat ng bagay, sa pananampalataya, sa salita, sa kaalaman, sa
kasigasigan at sa pag-ibig sa amin na nagmula sa inyo, lalo rin
nawa kayong sumagana sa biyayang ito.

8 Ito ay sinasabi ko, hindi ayon sa utos kundi dahil sa
kasigasigan ng iba at upang subukin ang katapatan ng inyong
pag-ibig 9 sapagkat nalalaman ninyo ang biyaya ng ating
Panginoong Jesu-Cristo, na kahit na siya ay mayaman, siya ay
naging dukha dahil sa inyo upang sa pamamagitan ng kaniyang
karukhaan, kayo ay maging mayaman.

10 At ako ay nagbibigay ng payo patungkol dito sapagkat
ito ay kapaki-pakinabang sa inyo na nagpasimula noong
nakaraang taon, hindi lamang upang kayo ay gumawa kundi

upang kayo rin ay magkusa. **11** Kaya ngayon, lubusin din
ninyo ang pagsasagawa nito, na kung paanong mayroon
kayong kahandaan ng pag-iisip upang magkusa, gayundin
ang pagkalubos nito mula sa inyong tinatangkilik **12** sapagkat
kung unang naroroon ang kahandaan ng pag-iisip, ang
anumang ayon sa tinatangkilik ng sinuman ay katanggap-
tanggap at hindi ayon sa wala sa kaniya.

13 Dahil hindi ko sinasabi na ang kagaanan ay para sa iba
at ang kahirapan ay para sa inyo, kundi sa pamamagitan
ng pagkakapantay-pantay, sa kasalukuyang panahon ay
mapunuan ng inyong kasaganaan ang kanilang kakulangan,
14 upang ang kanila namang kasaganaan ay maging kapunuan
ng inyong kakulangan, nang sa gayon ay magkaroon ng
pagkakapantay-pantay **15** ayon sa nasusulat, "Siya na marami
ang naipon ay hindi nagkaroon ng labis at siya na kaunti ang
naipon ay hindi nagkulang."

Exo 16:18

Isinugo si Tito sa Corinto

16 Ngunit ang pasalamat ay sa Diyos na siyang naglagay
sa puso ni Tito ng gayunding pagsusumigasig para sa inyo
17 sapagkat totoong tinanggap niya ang pagsusumamo, at
yamang siya ay mayroong higit na pagsusumigasig, siya ay
kusang pumunta sa inyo. **18** Kaya isinugo naming kasama
niya ang isang kapatid na ang pagpupuri ay nasa ebanghelyo
sa lahat ng mga iglesiya. **19** At hindi lang gayon, kundi siya
rin ang pinili ng mga iglesiya na kasama naming maglakbay,
kasama ang kaloob na ito sa pangangasiwa namin para sa
kaluwalhatian mismo ng Panginoon at para sa kapahayagan
ng kahandaan ng inyong pag-iisip. **20** Ito ay iniiwasan
namin upang ang sinuman sa amin ay hindi mapulaan sa
kasaganaang ito sa aming pangangasiwa. **21** Ang una naming
isinasaalang-alang ay ang mababuting bagay hindi lamang sa
harap ng Diyos kundi kahit sa harap ng mga tao.

22 Kaya isinugo namin kasama nila ang aming kapatid
na aming napatunayang palaging masikap sa maraming
bagay at sa ngayon ay lalong higit na masikap dahil sa
malaking pagtitiwala sa inyo. **23** Kung magtanong ang
sinuman patungkol kay Tito, siya ang aking katuwang
at kamanggagawa para sa inyo, at kung magtanong ang
sinuman patungkol sa mga kapatid, sila ang mga sugo ng
mga iglesiya, ang kaluwalhatian ni Cristo. **24** Kaya ipakita
ninyo sa kanila at sa harap ng iglesiya ang katibayan ng
inyong pag-ibig at ng aming pagmamalaki alang-alang sa
inyo.

8:12 Mar 12:43-44
8:14 Gaw 4:34
8:16 Pah 17:17
8:18 1Co 7:17
8:19 Gaw 14:23; 1Co 16:3-4
8:21 Rom 12:17; Tit 2:14
8:23 Flp 2:25; Flm 1:17

9 Sapagkat patungkol nga sa paglilingkod sa mga banal,
kalabisan na ito sa akin upang sumulat pa sa inyo **2**dahil
alam ko ang kahandaan ng inyong pag-iisip na siyang dahilan
na kayo ay aking ipinagmamalaki sa mga taga-Macedonia,
na ang Acaya ay handa na mula pa noong isang taon at ang
pagsusumigasig na nagmula sa inyo ay pumukaw sa karamihan.
3Ngunit ako ay nagsugo ng mga kapatid upang hindi mawalan
ng kabuluhan ang aking pagmamalaki dahil sa inyo patungkol
sa bahaging ito, upang ayon sa aking sinabi ay maging handa
kayo. **4**Baka kapag ang ilang taga-Macedonia ay sumama sa
akin at kayo ay matagpuang hindi handa, kami ay mapapahiya
(sapagkat hindi namin sasabihing kayo ay hindi handa) dahil sa
katiyakan ng pagmamalaking ito. **5**Kaya inisip kong kailangang
magsumamo sa mga kapatid na sila ay maunang pumunta sa
inyo at unang maihanda ang inyong ipinangakong biyaya, nang
sa gayon ay maihanda ito bilang biyaya at hindi kagaya ng
kasakiman.

9:1 Gaw 9:13; 24:17; 1Te 4:9
9:2 Gaw 18:12
9:3 1Co 16:2
9:4 Rom 15:26
9:5 Flp 4:17
9:6 Gal 6:7,9
9:7 Rom 12:8
9:8 Efe 3:20; Flp 4:19
9:11 1Co 1:5
9:13 Mat 9:8; Heb 3:1

Masaganang Paghahasik

6Ngunit ito ang sinasabi ko, siya na naghahasik ng kaunti ay
aani naman ng kaunti at siya na naghahasik na may kasaganaan
ay aani namang may kasaganaan. **7**Ang bawat isa ay magbigay
ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso, hindi dahil sa kabigatan
o dahil sa pangangailangan, sapagkat iniibig ng Diyos ang
nagbibigay na masaya. **8**Makapangyarihan ang Diyos upang
pasaganain sa inyo ang bawat biyaya nang sa gayon kayo ay
palaging magkaroon ng kasapatan sa lahat ng mga bagay at
kayo ay maging masagana sa bawat mabuting gawa. **9**Ito ang
ayon sa nasusulat, “Siya ay namahagi sa malalayong dako,
siya ay nagbigay sa mga dukha. Ang kaniyang katuwiran ay
nananatili magpakailanman.”

Awi 112:9

10At siya na nagbibigay ng binhi sa manghahasik at ng
tinapay para sa inyong pagkain, siya rin nawa ang magkakaloob
at magpaparami ng inyong binhi at magpapalago ng mga bunga
ng inyong katuwiran, **11**upang sa lahat ng bagay ay payamanin
kayo sa lahat ng inyong pagbibigay na nagbubunga ng
pagpapasalamat sa Diyos sa pamamagitan namin. **12**Dahil ang
pangangasiwa sa paglilingkod na ito ay hindi lang nagpupuno
sa pangangailangan ng mga banal, kundi sumasagana rin sa
pamamagitan ng maraming pagpapasalamat sa Diyos, **13**sa
pamamagitan ng katibayan ng paglilingkod na ito ay kanilang
niluluwalhati ang Diyos dahil sa inyong paghahayag ng
inyong pagpapasakop sa ebanghelyo ni Cristo, at sa inyong
pakikibahagi sa mayamang pagbibigay para sa kanila at para sa

lahat ng mga tao, 14at sa kanilang panalanging-paghiling para
sa inyo, na mga nananabik sa inyo dahil sa nangingibabaw na
biyaya ng Diyos sa inyo. 15Ang pasasalamat ay sa Diyos dahil
sa kaniyang kaloob na hindi maipaliwanag.

Ang Pagtatanggol ni Pablo

10 Kaya akong si Pablo mismo ay sumasamo sa inyo sa
pamamagitan ng kaamuan at kagandahang-loob ni
Cristo, na sa inyong harapan ay mababang-loob, ngunit kapag
hindi ninyo kaharap ay malakas ang loob. 2Gayunpaman ako
ay sumasamo sa inyo na kapag ako ay haharap sa inyo, ako
ay hindi maglakas-loob sa pagtitiwala sa iniisip kong maging
matapang sa kaninuman sa kanila na nag-iisip sa amin na kami
ay namumuhay ayon sa laman, 3sapagkat kahit na kami ay
namumuhay sa laman, kami ay hindi nakikipaglaban ayon sa
laman. 4Ang aming mga sandata sa pakikipaglaban ay hindi
ayon sa laman subalit makapangyarihan sa pamamagitan ng
Diyos patungo sa pagkabagsak ng matitibay na kuta, 5upang
ibagsak ang mga pag-aakala at bawat mataas na bagay na
nagtataas sa kaniyang sarili laban sa kaalaman ng Diyos, at
upang dalhing bihag ang bawat kaisipan patungo sa pagsunod
kay Cristo 6at sa kahandaang maghiganti sa lahat ng pagsuway
kapag maganap ninyo ang pagsunod.

7Tinitingnan ba ninyo ang mga bagay ayon sa panlabas na
anyo? Kung ang sinuman ay nagtiwala sa kaniyang sarili na
siya ay kay Cristo, isipin niyang muli ito sa kaniyang sarili,
sapagkat kung paanong siya ay kay Cristo, kami naman ay kay
Cristo sa ganitong paraan 8sapagkat kahit na ako ay lubos na
magmamalaki sa anuman patungkol sa aming kapamahalaan
na ibinigay ng Panginoon sa amin para sa inyong ikatitibay
at hindi para sa inyong ikababagsak, ako ay hindi mahihiya,
9nang sa gayon nawa ay hindi akalaing nananakot ako sa
inyo sa pamamagitan ng mga sulat. 10Mayroong nagsasabi,
“Sapagkat totoong ang kaniyang mga sulat ay malaman at
makapangyarihan, ngunit siya ay mahina kung kaharap at ang
kaniyang salita ay hinahamak.” 11Pag-isipan ito ng isang iyon,
na kung sino kami sa salita sa pamamagitan ng mga sulat kapag
kami ay hindi kaharap ay gayundin kami sa aming gawa kapag
kami ay kaharap.

12Sapagkat hindi kami naglalakas ng loob na ibilang o
ihambing ang aming mga sarili sa ilan sa kanila na nagtataas
ng kanilang sarili. Subalit sila na sinusukat ang kanilang
sarili sa pamamagitan ng kanilang sarili at inihahambing ang
kanilang sarili sa kanilang sarili ay mga walang pang-unawa.
13At kami ay hindi nga magmamalaki patungkol sa mga

9:15 Rom 5:15-16
10:1 Mat 11:29; Gal 5:2; Efe 3:1
10:2 Rom 12:2; 1Co 4:21
10:4 1Co 2:5
10:5 1Co 1:19
10:7 Jua 7:24; 1Co 1:12
10:10 1Co 1:17; 2:3; Gal 4:13-14
10:13 Rom 12:3

bagay na hindi nasusukat ngunit ayon sa sukat ng pamantayan
na ibinahagi ng Diyos sa amin, na isang panukat upang
makarating din hanggang sa inyo, 14sapagkat hindi namin
pinilit ang aming mga sarili nang higit sa aming kakayahan
na parang hindi kami dumarating sa inyo dahil kami ay
nakarating hanggang sa inyo alang-alang sa ebanghelyo ni
Cristo. 15Hindi namin ipinagmamalaki ang mga bagay na
hindi namin masukat katulad ng mga pagpapagal ng ibang
tao. Ngunit mayroon kaming pag-asa na habang lumalago
ang inyong pananampalataya ay lalawak ang aming gawain sa
pamamagitan ninyo, ayon sa aming panukat patungo sa labis na
kasaganaan, 16upang ipangaral ang ebanghelyo sa mga dakong
lagpas sa inyo at hindi upang ipagmalaki ang sukat ng mga
bagay na inihanda ng iba.

17Subalit "siya na nagmamalaki, hayaang siya ay magmalaki
sa Panginoon"

Jer 9:24

18sapagkat hindi yaong nagpaparangal sa kaniyang sarili ang
siyang katanggap-tanggap, kundi siya na pinaparangalan ng
Panginoon.

10:14 1Co 3:6
10:15 Rom 15:20; 2Ti 1:3
10:16 Gaw 19:21; Rom 1:1
10:17 1Co 1:31
10:18 Rom 2:29
11:1 Mat 17:17
11:2 Efe 5:26-27
11:3 1Ti 2:14; Pah 12:9
11:4 Rom 8:15; 1Co 3:11; Gal 1:6-9
11:5 Gal 2:6
11:6 1Co 1:17; Efe 3:4
11:7 Rom 1:1; 1Co 9:18
11:8 Flp 4:15,18
11:9 Flp 4:15,18

Ang mga Huwad na Apostol

11 Nais ko sanang pagtiisan ninyo ako ng kaunti sa aking
kamangmangan, at kayo nga ay nagtitiis sa akin 2dahil
hinahangad ko sa inyo ang maka-Diyos na paghahangad:
sapagkat pinagkaisa ko kayo sa isang asawa, upang maiharap
ko kayo na isang dalisay na birhen kay Cristo. 3Subalit ako
ay natatakot na baka kagaya ni Eva na dinaya ng ahas sa
pamamagitan ng katusuhan nito ay mailihis nang gayon ang
inyong mga kaisipan mula sa katapatan kay Cristo 4sapagkat
kung siya na dumarating na nangangaral ng ibang Jesus na
hindi namin ipinangaral, o kung tinatanggap ninyo ang ibang
espiritu na hindi ninyo tinanggap, o ibang ebanghelyo na hindi
naman ninyo tinanggap, siya ay inyo pang pinagtitiyagaang
mabuti.

5Sapagkat ibinibilang ko na ako ay hindi huli sa anumang
bagay sa kanila na pangunahing mga apostol. 6At kung hindi
ako bihasa sa pananalita, hindi ganoon sa kaalaman. Subalit
kami ay lubos na naihayag sa inyo sa lahat ng mga bagay.

7Ako ba ay nakagawa ng kasalanan sa pagpapakumbaba
ng aking sarili upang kayo ay maitaas dahil ang ebanghelyo
ng Diyos ay ipinangaral ko sa inyo nang walang bayad?
8Ninakawan ko ang ibang iglesiya sa pamamagitan ng
pagtanggap ko ng kabayaran upang makapaglingkod sa inyo.
9At nang ako ay kasama ninyo at nangailangan ako, hindi ako

naging pabigat sa kaninuman sapagkat ang pangangailangan
ko ay pinunan ng mga kapatid na nanggaling sa Macedonia,
at sa lahat ng mga bagay ay pinanatili kong hindi maging
pabigat sa inyo at ako ay mananatiling gayon. 10Nananatili ang
katotohanan ni Cristo sa akin kaya ang pagmamalaking ito
ay hindi makakahadlang sa akin sa mga lalawigan ng Acaya.
11Bakit ko ito ginagawa? Dahil ba sa hindi ko kayo iniibig?
Alam ng Diyos na iniibig ko kayo.

12At anuman ang aking ginagawa, iyon din ang aking
gagawin upang maputol ang pagkakataon niyaong mga
nagnanais ng pagkakataon upang sa kanilang pagmamalaki ay
matagpuan din silang katulad namin, 13sapagkat ang gayong
mga bulaang apostol ay mga mandarayang manggagawa na
nag-aanyong mga apostol ni Cristo. 14At ito ay hindi kataka-
taka sapagkat si Satanas mismo ay nag-aanyong anghel♦ ng
liwanag. 15Kaya hindi malaking bagay kung ang kaniya ring
mga tagapaglingkod ay nag-aanyong mga tagapaglingkod
ng katuwiran, na ang wakas ng mga ito ay magiging ayon sa
kanilang mga gawa.

Ang mga Paghihirap ni Pablo

16Muli kong sinasabi na huwag isipin ng sinuman na ako
ay isang hangal, ngunit kung magkagayon, ako ay tanggapin
ninyo kahit katulad ng isang hangal upang maipagmalaki ko
rin ng kaunti ang aking sarili. 17Yaong aking sinasabi, hindi
ko sinasabi na nanggaling sa Panginoon, kundi katulad ng
kahangalan, nasa ganito ang katiyakan ng pagmamalaki.
18Yamang marami ang nagmamalaki ayon sa laman, ako
rin ay magmamalaki 19sapagkat kayong matatalino ay may
kasiyahang nagtitiis sa mga hangal. 20Kayo nga ay nagtitiis
kung kayo ay inaalipin ng sinuman, kung kayo ay nilalamon
ng sinuman, kung may kinukuha sa inyo ang sinuman, kung
ipinagmamalaki ng sinuman ang kaniyang sarili at kung kayo
ay hinahampas sa mukha ng sinuman. 21Sinasabi ko ito sa
aking kahihiyan, na kami ay tila mahihina. Ngunit kapag ang
sinuman ay maglalakas ng loob sa anumang bagay, sinasabi ko
ito katulad ng isang hangal, lumalakas din ang aking loob.

22Sila ba ay mga Hebreo? Ako ay gayundin. Sila ba ay mga
Israelita? Ako ay gayundin. Sila ba ay mga binhi ni Abraham?
Ako ay gayundin. 23Sila ba ay mga tagapaglingkod ni Cristo?
Ako ay nagsasalita katulad ng isang hangal, ako ay higit sa
kanila, sa pagpapagal ay lalong higit, sa paghagupit ay lalong
marami, sa pagkakabilanggo ay lalong higit at sa kamatayan
ay madalas. 24Sa mga Judio ay tumanggap ako ng apatnapung
hagupit ng limang ulit maliban sa isa. 25Ako ay tatlong ulit

11:10 Gaw 18:12; Rom 9:1; 1Co 9:15
11:11 Rom 1:9
11:13 Mat 7:15; Tit 1:10; Pah 2:2
11:14 Mat 4:10
11:15 Mat 16:27; Flp 3:19
11:17 1Co 7:12,25
11:18 Flp 3:3-4
11:19 1Co 4:10
11:20 Gal 2:4
11:21 Flp 3:4
11:22 Luc 3:8; Rom 9:4; 11:1; Flp 3:5
11:23 Gaw 16:23; Rom 8:36; 1Co 3:5; 15:10
11:25 Gaw 14:19; 16:22; 27:1-44

na pinalo ng pamalong kahoy, ako ay minsang binato, ako ay nakaranas ng tatlong ulit na pagkawasak ng sinasakyang barko, ako ay nagpalipas ng isang gabi at isang araw sa kalaliman.
26Ako ay madalas na nasa paglalakbay, sa mga panganib sa mga ilog, sa mga panganib sa mga tulisan, sa mga panganib mula sa sarili kong lahi, sa mga panganib mula sa mga Gentil♦, sa mga panganib sa lungsod, sa mga panganib sa ilang, sa mga panganib sa karagatan, sa mga panganib mula sa mga hindi tunay na mga kapatid, **27**sa pagkagambala at pagpapakasakit, sa madalas na pagpupuyat, sa pagkagutom at pagkauhaw, sa madalas na pag-aayuno, sa ginaw at kawalan ng damit.
28Maliban sa mga bagay na nasa labas ay ang aking kabigatan sa buong araw, ang pagmamalasakit sa lahat ng mga iglesiya.
29Sino ang nanghihina at hindi ba ako nanghihina? Sino ang natitisod at hindi ba ako nag-aalab sa galit?

30Kapag kinakailangan kong magmalaki, ipagmamalaki ko ang aking mga kahinaan. **31**Ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo na siyang kapuri-puri magpakailanman ang siyang nakaalam na ako ay hindi nagsisinungaling. **32**Sa Damasco, ang pinuno na nasa ilalim ng kapangyarihan ni haring Aretas na siyang nagbabantay sa lungsod ng mga taga-Damasco, ay nagnanais na ako ay hulihin, **33**ngunit sa isang tiklis ay inihugos ako sa bintana pababa sa kabila ng pader at ako ay nakatakas sa kaniyang mga kamay.

Ang Kapangyarihan ni Cristo sa Kahinaan

12 Ang pagmamalaki ay tunay na hindi kapakinabangan sa akin sapagkat ako ay tutungo sa mga pangitain at mga kapahayagan ng Panginoon. **2**Ako ay may kilalang-kilala na isang tao na na kay Cristo labing-apat na taon na ang nakalipas, (kung nasa katawan ay hindi ko alam, o kung wala sa katawan ay hindi ko alam, ang Diyos ang nakaalam), na ang taong ito ay inagaw paitaas sa ikatlong langit. **3**At alam ko ang taong iyon, (kung nasa katawan o kung wala sa katawan ay hindi ko alam, ang Diyos ang nakaalam), **4**kung paanong siya ay inagaw paitaas patungo sa paraiso at nakarinig ng mga hindi mabigkas na mga salita, na hindi ipinapahintulot na salitain ng tao. **5**Patungkol sa lalaking iyon, ako ay magmamalaki. Ngunit hindi ko ipagmamalaki ang aking sarili, maliban sa aking mga kahinaan. **6**Sapagkat kung ninais kong magmalaki, ako ay hindi magiging hangal dahil ang aking sasabihin ay katotohanan, ngunit ako ay nagpipigil baka may mag-isip sa akin nang higit pa sa nakikita niya sa akin, o sa anumang naririnig niya mula sa akin.

7Upang hindi ko itaas ang aking sarili dahil sa dakilang

11:26 Gaw 20:3; 21:31; Gal 2:4
11:27 Gaw 18:3; 1Co 4:11-12; Col 1:29
11:28 1Co 7:17
11:29 Mat 5:29; Rom 14:1; 1Co 2:3
11:30 1Co 2:3; Gal 6:14
11:31 Rom 1:25
11:32 Gaw 9:24
11:33 Gaw 9:25
12:1 1Co 2:10; 14:6
12:2 Gaw 8:39; Rom 16:3; Efe 4:10
12:4 Luc 23:43; Pah 2:7
12:5 1Co 2:3
12:7 Mat 4:10; 1Co 2:10

mga pahayag, binigyan ako ng tinik sa laman, isang sugo ni
Satanas, upang ako ay pagbuhatan nang sa gayon ay hindi
ako magmataas. 8Dahil dito, isinamo ko nang tatlong ulit sa
Panginoon na ito ay maalis sa akin. 9Ngunit sinabi niya sa
akin, "Ang aking biyaya ay sapat sa iyo sapagkat ang aking
kapangyarihan ay nalulubos sa kahinaan." Kaya ako ay lalong
may kagalakang higit na magmalaki sa aking kahinaan upang
ang kapangyarihan ni Cristo ay manahan sa akin. 10Kung kaya
ako ay nalulugod sa mga kahinaan, sa mga panlalait, sa mga
pangangailangan, sa mga pagmamalupit, sa mga kagipitan
alang-alang kay Cristo sapagkat kung kailan ako mahina, sa
panahong iyon ay malakas ako.

Ang Pagmamalasakit ni Pablo sa mga Taga-Corinto

11Ako ay naging hangal sa pagmamalaki at kayo ang pumilit
sa akin sapagkat ako ang dapat ninyong ipinagmamapuri,
dahil sa anumang bagay ay hindi ako huli sa pangunahing
mga apostol kahit na ako ay walang ipagmamalaki. 12Totoo
na ang mga tanda ng apostol ay ginawa sa kalagitnaan ninyo
sa lahat ng pagtitiis, sa pamamagitan ng mga tanda at mga
kamangha-manghang gawa at mga makapangyarihang gawa.
13Sapagkat mayroon bang anumang dahilan na kayo ay dinaig
ng ibang mga iglesiya, maliban na ako mismo ay hindi naging
pabigat sa inyo? Patawarin ninyo ako sa kamaliang ito.

14Narito, ako ay handang pumunta sa inyo sa ikatlong
pagkakataon at ako ay hindi magiging pabigat sa inyo sapagkat
hindi ko hinahangad ang mga bagay na nasa inyo kundi kayo,
dahil ang mga anak ay hindi dapat nag-iipon para sa mga
magulang kundi ang mga magulang ang nag-iipon para sa mga
anak. 15At ako ay maligayang lubos na gugugol at lubos na
masaid para sa inyong kaluluwa, bagaman kayo ay iniibig ko
nang labis-labis, ako naman ay iniibig nang pakaunti.

16Ngunit magkagayunman, ako ay hindi naging pabigat sa
inyo, subalit sa pagiging tuso ay nagawa ko kayong linlangin.
17Ako ba ay nakinabang sa inyo sa pamamagitan ng sinuman
sa kanila na isinugo ko sa inyo? 18Ako ay nagsumamo kay Tito
at isinugo kong kasama niya ang isang kapatid. Si Tito ba ay
nakinabang sa inyo? Hindi ba kami namuhay sa iisang espiritu?
Hindi ba kami namuhay sa gayunding mga yapak?

19Muli, iniisip ba ninyo na kami ay nagtatanggol ng aming
mga sarili sa inyo? Sa harapan ng Diyos, kami ay nagsasalita
dahil kay Cristo. Ngunit mga minamahal, ang lahat ng mga
bagay ay para sa inyong ikatitibay, 20sapagkat ako ay natatakot
na baka sa aking pagdating ay hindi ko kayo matagpuan
katulad ng ninanais ko, at baka ako ay matagpuan ninyo

12:8 Mat 26:39,44
12:9 Rom 3:24; 1Co 2:3; Flp 4:13
12:10 Mat 5:12; 2Te 1:4
12:11 1Co 15:9-10
12:12 Jua 4:48
12:13 1Co 9:12,18
12:14 1Co 4:14-15
12:15 Flp 2:17; 1Te 2:8
12:19 Rom 9:1; 14:19; 1Co 10:14
12:20 Rom 1:29-30; 1Co 1:11; 4:8,21; 14:33; Gal 5:20

katulad ng hindi ninyo ninanais, na baka magkaroon ng paglalaban-laban, inggitan, labis na galit, pakikipagtunggalian, paninirang puri, pagsisitsit*, kayabangan at kaguluhan. 21 At baka sa aking muling pagdating ay ipapahiya ako ng Diyos sa harapan ninyo, at ako ay tatangis dahil sa kanila na nagkasala at hindi sila nagsisi sa karumihan at pakikiapid at kahalayan na kanilang ipinamuhay.

Mga Huling Babala

13 Ito ang ikatlong pagkakataon na ako ay pupunta sa inyo, "Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi ay mapapagtibay ang bawat salita."

Deu 19:15

2 Sinabi ko na sa inyo noong una at aking ipinapaunang-sabi kagaya nang ako ay kaharap ninyo sa ikalawang pagkakataon, ngayong ako ay wala sa inyo, sumusulat ako sa mga nagkasala noon at sa lahat ng iba pa, upang kapag ako ay muling pumariyan, ako ay hindi magtitimpi. 3 Yamang kayo ay naghahanap ng katibayan na nagsasalita sa akin si Cristo, na para sa inyo ay hindi nagiging mahina sa halip ay nagiging makapangyarihan sa inyo, 4 sapagkat kahit na siya ay ipinako sa krus sa pamamagitan ng kahinaan, gayunpaman siya ay nabubuhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Dahil nanghihina rin tayo sa kaniya, gayumpaman tayo ay mabubuhay na kasama niya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos na sumasa inyo.

5 Suriin ninyo ang inyong mga sarili kung kayo ay nasa pananampalataya. Subukin ninyo ang inyong mga sarili. Hindi ba ninyo nakikilala ang inyong mga sarili na si Jesu-Cristo ay nasa inyo, maliban na kayo ay mga bagsak sa pagsubok? 6 Ngunit ako ay umaasa na inyong malalaman na tayo ay hindi mga bagsak sa pagsubok.

7 Kaya idinadalangin ko sa Diyos na huwag kayong gumawa ng anumang masama, hindi upang kami ay mahayag na katanggap-tanggap, kundi upang inyong magawa ang mabuti kahit na kami ay maitutulad sa mga bagsak sa pagsubok, 8 sapagkat wala kaming anumang makakaya laban sa katotohanan kundi para sa katotohanan, 9 dahil kami ay nagagalak kapag kami ay nanghihina, kayo naman ay nagiging malalakas. At ito rin ang aming idinadalangin, ang inyong pagiging-ganap. 10 Dahil dito, yamang ako ay wala sa inyo, isinusulat ko ang mga bagay na ito upang kapag ako ay kaharap ninyo, ako ay hindi gagamit ng kabagsikan ayon sa ibinigay ng

12:21 1Co 6:18
13:1 Mat 18:16
13:3 Mat 10:20; 1Co 5:4
13:4 Rom 1:4; 6:5; 1Co 1:25; 2:3; Flp 2:7-8; 1Pe 3:18
13:5 Jua 6:6; Rom 8:10; 1Co 11:28
13:9 1Co 2:3; Efe 4:13

* **12:20** *pagsisitsit*: Ito ay ang walang pigil na pagdadala ng lahat ng uri ng usapin.

Panginoon sa akin na kapamahalaan para sa ikatitibay at hindi sa ikababagsak.

Mga Panghuling Pagbati

11 Sa katapusan, mga kapatid, magalak kayo, maging
ganap kayo, magkaroon kayo ng kaaliwan, magkaisa kayo ng
pag-iisip, mamuhay kayo nang payapa, at ang Diyos ng pag-ibig
at ng kapayapaan ang sasainyo.
12 Batiin ninyo ng banal na halik ang isa't isa.
13 Ang lahat ng mga banal ay bumabati sa inyo.
14 Ang biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo at ang pag-ibig
ng Diyos at ang pakikipag-isa ng Banal na Espiritu ang
sumainyong lahat. Siya nawa!

13:11
Mar 9:50;
Efe 6:23;
1Jn 4:16
13:12
Rom 16:16
13:13
Flp 4:22
13:14
Rom 5:5;
16:20;
Flp 2:1;
Jud 1:21

ANG SULAT NI APOSTOL PABLO SA MGA TAGA-GALACIA

Sumulat: Pablo
Para Kanino: Sa mga Iglesiya sa katimugan ng Galacia
Taon: A.D. 49

Panimulang Salita sa Sulat sa Mga Taga-Galacia

Isinulat ni apostol Pablo ang sulat na ito sa "mga iglesiya sa Galacia" (1:1-2). Siya ang nagtatag ng mga iglesiya sa mga katimugang lungsod ng lalawigang ito sa panahon ng kaniyang unang pang-misyong paglalakbay (Gaw 13:14-14:23). Siya ay muling dumaan dito sa panahon ng kaniyang ikalawa (Gaw 16:6) at ikatlong (Gaw 18:23) pang-misyong paglalakbay at dinalaw niya ang buong lalawigan ng Galacia.

Ang mga sinasabi ni Pablo sa Galacia 1-2 ay nagpapahiwatig na maaaring ito ay sinulat ni Pablo bago ang kaniyang huling dalawang pagdalaw. At malamang na isinulat ni Pablo ang aklat na ito noong A.D. 49. Ito ay nangangahulugan na pagkatapos ng kaniyang unang pang-misyong paglalakbay (Gaw 14:27-28) ay isinulat niya ito sa mga iglesiya sa katimugan ng Galacia.

Isinasaad sa atin ng Mga Gawa 13-14 ang mga suliraning kinakaharap ng mga mananampalataya sa Galacia. Maraming Gentil at ilang mga Judio ang nanumbalik sa Panginoon dahil sa pangangaral ni Pablo ngunit siya ay kinalaban ng ibang mga Judio. Sa kabila ng malakas na pagsalungat na ito, maraming tao ang naging Cristiano. Si Pablo at ang kaniyang mga kamanggagawa ay nagtatag ng mga iglesiya at nagtalaga ng matatanda. Nang umalis si Pablo sa Galacia, sinimulang iligaw ng mga Judio ang mga bagong Cristiano at maliwanag na marami ang naligaw.

Nang narinig niya ang balitang iyon, sumulat kaagad si Pablo sa mga mananampalataya upang ipagtanggol ang ebanghelyo na kaniyang ipinangaral sa kanila. Sila ay tinuruan niya na ang pagiging-matuwid at pagiging-banal ay sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay Cristo at hindi sa pamamagitan ng mga paggawa sa kautusan.

Ang kabanatang 1-2 ng Galacia ay ang sariling patotoo ni Pablo, ang kabanatang 3-4 ay kadalasang patungkol sa mga katuruan at ang kabanatang 5-6 ay kadalasang patungkol sa pag-uugali ng Cristiano.

Ipinahayag ni Pablo nang buong diin ang "katotohanan ng ebanghelyo" (2:5, 14) at hinahamon niya ang mga mananampalataya na sinasabi, "Tumindig nga kayong matatag sa kalayaan kung saan tayo ay pinalaya ni Cristo" (5:1).

Balangkas ng Sulat sa Mga Taga-Galacia:

Panimula (*1:1-9*)
I. Nagpatotoo si Pablo patungkol sa kaniyang buhay at paglilingkod upang ipagtanggol ang katotohanan ng ebanghelyo (*1:10-2:21*).
II. Nagturo si Pablo ng mahahalagang katuruan upang ipagtanggol ang katotohanan ng ebanghelyo (kabanatang *3-4*).
III. Itinuro ni Pablo ang pagsasabuhay ng pag-uugaling Cristiano upang ipagtanggol ang katotohanan ng ebanghelyo (*5:1-6:10*).
Pangwakas (*6:11-18*)

1 Si Pablo, ang apostol (hindi nagmula sa mga tao, ni hindi sa
pamamagitan ng tao kundi sa pamamagitan ni Jesu-Cristo
at ng Diyos Ama na siyang nagbangon kay Jesu-Cristo mula
sa mga patay), **2**at ang lahat ng mga kapatid na kasama ko,
sa mga iglesiya sa Galacia, **3**sumainyo ang biyaya at ang
kapayapaang mula sa Diyos Ama at mula sa ating Panginoong
Jesu-Cristo. **4**Siya na ibinigay ang kaniyang sarili dahil sa
ating mga kasalanan, upang tayo ay kaniyang iligtas mula sa
kasalukuyang kapanahunan na masama, ayon sa kalooban ng
ating Diyos at Ama. **5**Sa kaniya ang kaluwalhatian magpakailan
pa man. Siya nawa.

Wala Nang Ibang Ebanghelyo

6Ako ay namamangha dahil ganito kayo kadaling lumayo
mula sa kaniya na tumawag sa inyo sa biyaya ni Cristo patungo
sa kakaibang uri ng ebanghelyo **7**na hindi ibang ebanghelyo,
maliban sa ilang gumugulo sa inyo at sa kanila na nagnanais
na baluktutin ang ebanghelyo ni Cristo. **8**Ngunit kahit kami, o
isang anghel♦ na nagmula sa langit ay mangaral ng ebanghelyo
na salungat sa aming ipinangaral sa inyo, hayaang siya ay
sumpain ng Diyos. **9**Kagaya ng sinabi na namin noong una
at sa ngayon, muli kong sinasabi na kung ang sinuman ay
nangangaral ng ebanghelyo sa inyo na salungat sa inyong
tinanggap, hayaang siya ay sumpain ng Diyos.

10Sapagkat hinihikayat ko ba ngayon ang mga tao, o ang
Diyos? O ako ba ay naghahangad na magbigay-lugod sa mga
tao? Sapagkat kung ako ay nagbibigay-lugod pa sa mga tao,
hindi ako dapat naging alipin ni Cristo.

11Ngunit mga kapatid, ipinapaunawa ko sa inyo na ang
ebanghelyo na ipinangaral sa pamamagitan ko ay hindi ayon sa
tao, **12**sapagkat ito ay hindi ko tinanggap mula sa tao, ni itinuro
ito ng tao sa akin, kundi sa pamamagitan ng kapahayagan ni
Jesu-Cristo sa akin.

13Dahil narinig ninyo ang dati kong pamumuhay sa
Judaismo kung paanong labis kong pinagmamalupitan ang
iglesiya ng Diyos at pinagwawasak ito. **14**At ako ay lumago sa
pamamagitan ng Judaismo nang higit sa mga kasabay ko sa
aking lahi dahil sa aking labis na kasigasigan sa mga kaugalian
ng aking mga ninuno.

15Ngunit nang ikinalugod ng Diyos, na siyang nagbukod
sa akin mula sa sinapupunan ng aking ina at tumawag sa akin
sa pamamagitan ng kaniyang biyaya, **16**upang ipahayag ang
kaniyang Anak sa akin nang sa gayon ay aking maipangaral
ang kaniyang ebanghelyo sa mga Gentil♦, ako ay hindi kaagad
sumangguni sa tao, **17**ni hindi ako umahon sa Jerusalem upang

1:1 Gaw 9:15; 1Co 1:1
1:2 Gaw 16:6; Flp 4:21
1:3 Rom 1:7
1:4 Mat 20:28; Rom 4:25; 1Co 15:3; Flp 4:20
1:5 Rom 11:36
1:6 Rom 8:28; 2Co 11:4
1:7 Gaw 15:24
1:8 Rom 9:3; 1Co 15:1
1:9 Rom 16:17
1:10 Rom 2:9
1:11 1Co 15:1
1:12 1Co 2:10; 11:23
1:13 Gaw 9:1; 1Co 10:32
1:14 Mat 15:2; Gaw 21:20
1:15 Rom 8:28
1:16 Mat 16:17
1:17 Gaw 9:2

makipagkita sa kanila na mga apostol na nauna sa akin, sa halip ay umalis ako patungo sa Arabia at ako ay muling bumalik sa Damasco.

18 Kaya pagkalipas ng tatlong taon, ako ay umahon sa Jerusalem upang makipagkilala kay Pedro at manatiling kasama niya sa loob ng labinlimang araw. **19** Ngunit wala akong nakitang iba sa mga apostol kundi si Santiago na kapatid ng Panginoon. **20** Kaya, narito, ang mga bagay na aking isinusulat sa inyo sapagkat sa paningin ng Diyos ay hindi ako nagsisinungaling.

21 Pagkatapos ay pumunta ako sa mga lupain ng Siria at Cilicia. **22** Ngunit ako ay hindi pa nakikilala nang mukhaan ng mga iglesiya sa Judea na na kay Cristo. **23** Subalit ang tanging naririnig nila ay, "Ang lalaki na dating nagmamalupit sa atin ay nangangaral na ngayon ng ebanghelyo ng pananampalataya na dati niyang winawasak." **24** At kanilang niluwalhati ang Diyos dahil sa akin.

1:18 Gaw 9:22-23, 26-27
1:19 Mat 13:55; Gaw 15:13
1:20 Rom 1:9; 9:1
1:21 Luc 2:2; Gaw 6:9
1:22 Rom 16:3; 1Te 2:14
1:23 Gaw 6:7; 8:3
1:24 Mat 9:8

Tinanggap ng mga Apostol si Pablo

2 Kaya pagkalipas ng labing-apat na taon, ako ay muling umahon sa Jerusalem kasama si Bernabe at isinama ko rin si Tito. **2** At ako ay umahon ayon sa kapahayagan at ipinaliwanag ko sa kanila ang ebanghelyo na aking ipinapangaral sa mga Gentil, ngunit sa kanila na kinikilalang may katungkulan ay ipinaliwanag kong bukod baka ako ay tatakbo o tumakbong walang kabuluhan. **3** Ngunit kahit si Tito na aking kasama, na isang Griyego, ay hindi nila napilit na magpatuli. **4** Subalit dahil sa mga huwad na mga kapatid na dinalang palihim, na pumasok na hindi namamalayan upang bantayan ang aming tinataglay na kalayaan na na kay Cristo Jesus nang sa gayon kami ay maalipin nila, **5** kami ay hindi nagbigay ng pagkakataong magpailalim sa kanila kahit na sandaling panahon upang ang katotohanan ng ebanghelyo ay manatili sa inyo.

6 Ngunit sa kanila na mula sa mga kinikilalang may katungkulan, sinuman sila noon ay walang anumang ipinagkaiba sa harapan ko. Hindi tinatanggap ng Diyos ang pagkatao ng sinuman sapagkat sila na kinikilalang may katungkulan ay walang anumang naibahagi sa akin. **7** Subalit sa kabila nito, nang nakita nila na ipinagkatiwala ng Diyos sa akin ang ebanghelyo ng mga nasa di-pagtutuli, kung paanong ang ebanghelyo ng mga nasa pagtutuli ay ipinagkatiwala kay Pedro, **8** (sapagkat ang Diyos na may kakayahang gumawa kay Pedro para sa pagkaapostol ng mga nasa pagtutuli ay siya ring gumawa sa akin para sa mga Gentil), **9** at nang ang biyayang

2:1 Gaw 15:2; 2Co 2:13
2:2 1Co 2:10; 9:24
2:3 1Co 9:21; 2Co 2:13
2:4 Gaw 1:16; 2Co 11:26; Jud 1:4
2:6 1Co 15:11; Pah 2:23
2:7 1Te 2:4
2:8 Gaw 1:25; 1Co 1:1
2:9 Gaw 9:15; 15:13; 1Ti 3:15; Pah 3:12

ibinigay sa akin ng Diyos ay naunawaan nila Santiago at Cefas
at Juan, na mga kinikilalang mga haligi ng iglesiya, ibinigay
nila ang kanilang kanang kamay ng pakikipag-isa sa akin at kay
Bernabe upang kami ay pumaroon sa mga Gentil, ngunit sila
naman ay pumaroon sa mga nasa pagtutuli. 10 Ang tangi nilang
ninanais na aming alalahanin ay ang mga dukha, at ito mismo
ang pinagsisikapan kong gawin.

Ang Pagtutol ni Pablo kay Pedro

11 Ngunit nang si Pedro ay dumating sa Antioquia, siya
ay tinutulan ko nang harapan dahil siya ang dapat hatulan,
12 sapagkat bago pa dumating ang ilang lalaking galing kay
Santiago, siya ay kumakaing kasalo ng mga Gentil. Subalit
nang sila ay dumating, siya ay lumayo at siya ay humiwalay
dahil sa pagkatakot sa kanila na mga nasa pagtutuli. 13 At ang
ibang mga Judio ay sumama rin sa kaniyang pagpapakunwari,
kaya kahit si Bernabe ay nahikayat na rin sa kanilang
pagpapakunwari.

14 Kaya nang sila ay nakita kong hindi lumalakad nang
matuwid ayon sa katotohanan ng ebanghelyo, sinabi ko kay
Pedro sa harapan ng lahat, "Kung ikaw na isang Judio ay
namumuhay katulad ng mga Gentil at hindi namumuhay
katulad ng mga Judio, bakit mo pinipilit ang mga Gentil
na maging katulad ng mga Judio? 15 Kami ay likas na mga
Judio at hindi mga makasalanang nagmula sa mga Gentil,
16 na nakaalam na ang isang tao ay hindi pinapawalang-
sala sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan kundi sa
pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo. Tayo rin ay
sumampalataya kay Cristo Jesus upang tayo ay mapawalang-
sala sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo at hindi
sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan, sapagkat walang
sinumang tao ang mapapawalang-sala sa pamamagitan ng mga
gawa ng kautusan.

17 "Ngunit kung tayo mismo sa ating mga sarili ay
natagpuan din na mga makasalanan habang hinahangad natin
na mapawalang-sala sa pamamagitan ni Cristo, si Cristo ba
kung gayon ay tagapaglingkod ng kasalanan? Huwag nawang
mangyari, 18 sapagkat kung itinatayo kong muli ang mga bagay
na winasak ko, ipinapakita ko ang aking sarili na tagasuway ng
kautusan, 19 dahil sa pamamagitan ng kautusan ako ay namatay
sa kautusan upang ako ay mabuhay sa Diyos. 20 Ako ay ipinako
sa krus na kasama ni Cristo ngunit ako ay nabubuhay, subalit
hindi ako ang nabubuhay kundi si Cristo ang nabubuhay sa
akin. At ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon sa laman
ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya sa Anak ng Diyos

2:10 Gaw 24:17
2:11 Gaw 11:19
2:12 Gaw 15:13
2:13 Gaw 4:36
2:14 Gaw 10:28
2:15 Luc 24:7; Flp 3:4-5
2:16 Rom 3:28; 9:30
2:19 Rom 7:4; 2Co 5:15
2:20 Mat 4:3; Rom 6:6; 1Pe 4:2

na siyang umibig sa akin at nagbigay ng kaniyang sarili
para sa akin. 21Hindi ko pinawawalang-kabuluhan ang
biyaya ng Diyos, sapagkat kung ang pagiging-matuwid ay sa
pamamagitan ng kautusan, sa gayon si Cristo ay namatay ng
walang kabuluhan."

Pananampalataya o Pagsunod sa Kautusan

3 O mangmang na mga taga-Galacia, sino ang umakit sa inyo
upang hindi ninyo sundin ang katotohanan, na sa inyong
mga paningin ay malinaw na ipinakita sa inyo si Jesu-Cristo, na
siyang ipinako sa krus? 2Ito lamang ang nais kong alamin mula
sa inyo, tinanggap ba ninyo ang Espiritu sa pamamagitan ng
mga gawa ng kautusan, o sa pamamagitan ng pakikinig na may
pananampalataya? 3Ganiyan ba ang inyong kamangmangan?
Kayo na nagsimula sa Espiritu, kayo ba ngayon ay pinapaging-
ganap sa pamamagitan ng laman? 4Kayo ba ay labis na
naghirap ng walang kabuluhan, kung tunay namang ito ay
walang kabuluhan?

5Ang Diyos nga ba na siyang nagbibigay sa inyo ng Espiritu
at gumagawa ng mga makapangyarihang gawa sa inyo ay
gumagawa sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan, o sa
pamamagitan ng pakikinig na may pananampalataya? 6Sa
ganitong paraan, si Abraham "ay sumampalataya sa Diyos at
iyon ay ibinilang sa kaniya na katuwiran."

Gen 15:6

7Kaya nalalaman ninyo na sila na sumasampalataya, sila
ang mga anak ni Abraham. 8At ang Kasulatan♦, na nakakita
nang una pa na ang Diyos ang nagpapawalang-sala sa mga
Gentil sa pamamagitan ng pananampalataya, ay unang
nagpahayag ng ebanghelyo kay Abraham na sinasabi,
"ang lahat ng mga bansa ay pagpapalain ng Diyos sa
pamamagitan mo."

Gen 12:3; 18:18; 22:18

9Kung kaya sila na nasa pananampalataya ay pinagpapalang
kasama ang mananampalatayang si Abraham.

10Sapagkat ang sinumang nagmula sa mga gawa ng kautusan
ay nasa ilalim ng sumpa, dahil ito ang nasusulat, "Sinumpa
ang bawat isa na hindi nagpapatuloy sa lahat ng mga bagay na
nasusulat sa aklat ng kautusan upang isagawa ang mga ito."

Deu 27:26

11Kundi upang walang sinumang pinapawalang-sala sa harap
ng Diyos sa pamamagitan ng kautusan, ito ay maliwanag
sapagkat, "ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng
pananampalataya."

Hab 2:4

3:1 Luc 24:25; Gaw 16:6; 1Co 1:23
3:2 Jua 20:22; Rom 10:17; Heb 4:2
3:5 1Co 12:10
3:6 Rom 4:3
3:7 Luc 3:8
3:8 Gaw 3:25
3:9 Rom 4:16
3:10 Rom 4:15
3:11 Rom 3:28; Heb 2:4; 10:38

12 Subalit ang kautusan ay hindi sa pamamagitan ng
pananampalataya, gayunpaman, "ang taong gumagawa ng mga
bagay na ito ay mabubuhay sa mga ito."

Lev 18:5

13 Si Cristo ang tumubos sa atin mula sa sumpa ng kautusan
sa pamamagitan ng kaniyang pagiging-sumpa dahil sa atin,
sapagkat ito ang nasusulat, "Isinumpa ang bawat isang
ibinibitin sa kahoy*,"

Deu 21:23

14 upang ang pagpapala ni Abraham ay maangkin ng mga
Gentil sa pamamagitan ni Cristo Jesus, nang sa gayon ay
matanggap natin ang pangako ng Espiritu sa pamamagitan ng
pananampalataya.

Ang Kautusan at ang Pangako

15 Mga kapatid, ako ay nagsasalita ayon sa pamamaraan
ng tao. Kahit ang tipan♦ na pinagtibay na ng tao ay walang
sinumang nagpapawalang-bisa o nagdadagdag dito. 16 Ngunit
ngayon, ang mga pangako ay sinabi kay Abraham at sa
kaniyang binhi. Hindi niya sinabi, "At sa maraming binhi,"
katulad sa marami. Sa halip ay katulad sa isa, "At sa iyong
binhi,"

Gen 12:7; 13:15; 24:7

na ang binhing iyan ay si Cristo. 17 At ito ang sinasabi ko,
na ang tipan na unang pinagtibay na ng Diyos kay Cristo,
pagkalipas ng apatnaraan at tatlumpung taon, ay kautusang
dumating na hindi nagpapawalang-kabuluhan sa tipan upang
ipawalang-bisa ang pangako, 18 sapagkat kung ang mana ay sa
pamamagitan ng kautusan, ito ay hindi na sa pamamagitan ng
pangako, ngunit ang Diyos ang nagkaloob nito kay Abraham sa
pamamagitan ng pangako.

19 Kaya ano ang layunin ng kautusan? Ito ay idinagdag ng
Diyos dahil sa mga pagsalangsang hanggang sa makarating
ang binhi na siyang binigyan ng pangako na itinakda sa
pamamagitan ng mga anghel sa kamay ng isang tagapamagitan.
20 Ngayon, ang tagapamagitan ay hindi tagapamagitan ng isa,
ngunit ang Diyos ay isa.

21 Kaya ang kautusan ba ay laban sa mga pangako ng
Diyos? Huwag nawang mangyari, sapagkat kung ang
kautusan ay ipinagkaloob upang makapagbigay ng buhay,
ang katuwiran ay totoong ipinagkaloob sa pamamagitan
ng kautusan. 22 Subalit ikinulong ng Kasulatan ang lahat sa
ilalim ng kasalanan upang ang pangako sa pamamagitan

3:12 Rom 10:5
3:13 Gaw 5:30
3:14 Jua 20:22; Gaw 2:33; Rom 4:9,16
3:15 Rom 7:1
3:18 Rom 4:14
3:19 Gaw 7:53; Rom 5:20
3:20 1Ti 2:5; Heb 8:6
3:21 Rom 7:12
3:22 Rom 3:9-19

* **3:13** *kahoy*: Hindi ito punongkahoy kundi isang kahoy na nakalaan na magamit sa isang layunin kagaya ng krus, pang-ipit ng kamay o paa ng isang bilanggo.

ng pananampalataya kay Jesu-Cristo ay maibigay sa kanila
na mga sumasampalataya. 23Ngunit bago dumating ang
pananampalataya, tayo ay binabantayang nakakulong
sa ilalim ng kautusan patungo sa pananampalataya na
malapit nang ihayag. 24Kung kaya ang kautusan ang
naging tagapagturo natin patungo kay Cristo upang tayo
ay mapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya.
25Ngunit nang dumating ang pananampalataya, tayo ay hindi
na sa ilalim ng isang tagapagturo.

Ang mga Anak ng Diyos

26Sapagkat kayong lahat ay mga anak ng Diyos sa
pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus, 27dahil
ang lahat ng mga binawtismuhan kay Cristo ay ibinihis si
Cristo. 28Wala ng Judio o kaya Griyego, wala ng alipin o
kaya malaya, wala ng lalaki o kaya babae sapagkat kayong
lahat ay isa kay Cristo Jesus. 29At kung kayo ay kay Cristo,
kayo nga ay binhi ni Abraham at mga tagapagmana ayon sa
pangako.

4 Ngayon ay aking sinasabi na habang ang tagapagmana ay
bata pa, siya ay hindi nakahihigit sa isang alipin bagaman
siya ay panginoon ng lahat. 2Subalit siya ay nasa ilalim
ng mga tagapag-alaga at mga tagapangasiwa hanggang sa
panahong unang itinakda ng ama. 3Gayundin naman tayo,
nang tayo ay mga bata pa, tayo ay ipinaalipin sa ilalim ng
mga pangsaligang-katuruan ng sanlibutan. 4Ngunit nang
dumating ang kaganapan ng panahon, isinugo ng Diyos
ang kaniyang Anak na ipinanganak ng isang babae at
ipinanganak sa ilalim ng kautusan 5upang matubos yaong
mga nasa ilalim ng kautusan, nang sa gayon ay matanggap
natin ang pagkaampon.

6At yamang kayo ay mga anak, isinugo ng Diyos ang
Espiritu ng kaniyang Anak sa inyong mga puso na tumatawag,
"Abba♦, Ama." 7Dahil dito, ikaw ay hindi na isang alipin,
kundi isang anak, at kung ikaw ay isang anak, ikaw rin ay
tagapagmana ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo.

Ang Pagmamalasakit ni Pablo

8Ngunit totoo nga na nang panahong hindi ninyo kilala
ang Diyos, kayo ay mga nagpaalipin sa kanila na likas na
hindi mga diyos. 9Subalit ngayon, pagkatapos ninyong
nakilala ang Diyos o kaya nakilala kayo ng Diyos, paanong
kayo ay muling bumabalik sa mahihina at mga kapos na
pangsaligang-katuruan kung saan ay ninanais ninyong

3:23 Rom 11:32
3:24 Rom 10:4
3:25 Rom 7:4
3:26 Rom 6:3; 8:14
3:27 Jua 17:11; Rom 13:14; 1Co 12:13; Efe 2:14-15; Col 3:11
3:29 Luc 3:8; Rom 8:17
4:3 Col 2:8,20
4:4 Luc 2:27; Jua 3:17; Rom 5:6; Efe 1:10
4:5 Jua 1:12; Rom 3:24
4:6 Gaw 16:7; Rom 5:5
4:7 Rom 8:17
4:8 Rom 1:28; 1Co 1:21; 8:4-5; 1Te 4:5; 2Te 1:8
4:9 1Co 8:3; Col 2:20

muling magpaalipin? 10 Ginaganap ninyo ang mga araw
at mga buwan at mga panahon at mga taon. 11 Ako ay
nangangamba dahil sa inyo na baka sa anumang paraan ay
mawalan ng kabuluhan ang aking mga pagpapagal para sa
inyo.

12 Mga kapatid, ako ay sumasamo sa inyo, tularan ninyo ako
dahil ako ay katulad din ninyo at ako ay hindi ninyo minasama
sa anuman. 13 At alam na ninyo na sa pamamagitan ng kahinaan
ng katawan ay inuna kong ipinangaral ang ebanghelyo sa
inyo. 14 At ang aking pagsubok na nasa aking katawan ay hindi
ninyo hinamak o kinasuklaman, sa halip, ako ay tinanggap
ninyo katulad sa isang anghel ng Diyos at katulad kay Cristo
Jesus. 15 Kung gayon, nasaan ang inyong pagiging pinagpala?
Sapagkat aking pinatototohanan sa inyo na kung maaari lang
ay dukutin ninyo ang inyong mga mata at ibigay sana sa akin.
16 Kaya ba ako ay naging kaaway ninyo dahil sa aking pagsasabi
ng katotohanan sa inyo?

17 Ang kanilang pagsusumigasig para sa inyo ay hindi
mabuti, kaya ninanais nila na ilayo kayo upang kayo ay
magsumigasig para sa kanila. 18 Ngunit mabuti ang pagiging
masigasig sa mabuting bagay sa lahat ng panahon at hindi
lamang kapag ako ay kasama ninyo. 19 Aking munting mga
anak, para sa inyo ay muli akong nahihirapan kagaya ng sa
panganganak hanggang sa si Cristo ay mahubog sa inyo,
20 ngunit ninanais ko na kayo ay aking makasama ngayon at
upang baguhin ang aking tinig dahil naguguluhan ako sa inyo.

Si Sara at si Hagar

21 Sabihin ninyo sa akin, kayong nagnanais na mapasailalim
ng kautusan, hindi ba ninyo naririnig ang kautusan? 22 Sapagkat
ito ang nasusulat, si Abraham ay may dalawang anak na
lalaki, ang isa ay anak sa aliping babae at ang isa ay anak sa
malayang babae. 23 Subalit ang anak nga sa aliping babae ay
ipinanganak ayon sa laman, ngunit ang anak sa malayang babae
ay ipinanganak sa pamamagitan ng pangako. 24 Ang mga ito
ay mga paghahambing sapagkat ang mga ito ay kumakatawan
sa dalawang tipan♦. Ang isa nga ay si Hagar na nagmula sa
bundok ng Sinai, na manganganak patungo sa pagkaalipin
25 sapagkat si Hagar ay kumakatawan sa bundok ng Sinai na
nasa Arabia at siya ang tumutugon sa Jerusalem sa kasalukuyan
at siya ay nasa pagkaalipin kasama ng kaniyang mga anak.
26 Ngunit ang Jerusalem sa itaas ay malaya, na siyang ina
nating lahat, 27 sapagkat ito ang nasusulat, "Magalak ka, ikaw
na babaing baog, ikaw na hindi nanganganak, dagli kang
magalak at sumigaw ka, ikaw na hindi nahihirapan kagaya ng

4:10 Rom 14:5; Col 2:16
4:11 1Te 3:5
4:12 Rom 7:1
4:13 1Co 2:3
4:14 Mat 10:40
4:19 Rom 8:29; Efe 4:13; 1Te 2:11
4:21 Rom 2:12
4:23 Rom 9:7-8; Heb 11:11
4:26 Heb 12:22; Pah 3:12

sa panganganak sapagkat higit na marami ang anak ng babaing
pinabayaan kaysa sa babaing may asawa."

Isa 54:1

28 Ngunit mga kapatid, tayo ay mga anak sa pangako
katulad ni Isaac. **29** Subalit kung paanong sa panahong iyon
ay pinagmamalupitan ng anak na ipinanganak ayon sa laman
yaong ipinanganak ayon sa Espiritu, gayundin sa ngayon.
30 Gayunpaman, ano ang sinasabi ng Kasulatan? "Palayasin
ang aliping babae at ang kaniyang anak sapagkat ang anak ng
aliping babae ay hindi magmamana kailanman na kasama ang
anak ng malayang babae."

Gen 21:10

31 Kaya nga, mga kapatid, tayo ay hindi mga anak ng aliping
babae kundi mga anak ng malayang babae.

Ang Kalayaan kay Cristo

5 Tumindig nga kayong matatag sa kalayaan kung saan tayo
ay pinalaya ni Cristo, at huwag kayong muling magpabitag
sa pamatok ng pagkaalipin. **2** Narito, akong si Pablo ang
nagsasabi sa inyo na kapag kayo ay magpailalim sa pagtutuli,
wala kayong anumang pakikinabangan kay Cristo. **3** At muli
kong pinapatotohanan sa bawat taong nasa pagpapatuli, na
siya ay may pananagutan na tuparin ang buong kautusan. **4** Si
Cristo ay naging walang kabuluhan sa inyo, sinuman sa inyo
na pinapawalang-sala sa pamamagitan ng kautusan. Kayo ay
nahulog mula sa biyaya **5** sapagkat tayo ay naghihintay na may
pananabik sa pag-asa ng katuwiran ayon sa pananampalataya sa
pamamagitan ng Espiritu, **6** dahil kay Cristo Jesus ang pagiging
nasa pagtutuli at ang nasa di-pagtutuli ay walang anumang
magagawa kundi ang pananampalataya na gumagawa sa
pamamagitan ng pag-ibig.

7 Kayo ay tumatakbo nang mahusay. Sino ang humadlang
sa inyo upang hindi sumunod sa katotohanan? **8** Ang
panghihikayat na ito ay hindi nagmula sa kaniya na tumatawag
sa inyo. **9** Ang kaunting pampaalsa ang nagpapaalsa ng
buong masa ng harina. **10** Ako ay may tiwala sa inyo dahil sa
Panginoon, na kayo ay hindi mag-iisip ng iba pa. Subalit siya
na gumagambala sa inyo ay tatanggap ng kaniyang kahatulan,
kahit sinuman siya.

11 Ngunit ako, mga kapatid, kung ipinapangaral ko pa ang
pagiging nasa pagtutuli, bakit pa nila ako pinagmamalupitan?
Kung gayon ay napawalang-bisa na ang katitisuran sa krus.
12 Ang hangad ko sa kanila na nanggugulo sa inyo ay kakapunin
nila ang kanilang sarili.

13 Sapagkat kayo, mga kapatid, ay tinawag sa kalayaan.

4:31 Rom 7:4
5:1 Mat 23:4; Jua 8:32; Rom 7:4
5:2 Gaw 15:1
5:3 Rom 2:25; San 2:10
5:4 Rom 3:28; Heb 12:15; 2Pe 3:17
5:5 Rom 8:23-24
5:6 Rom 16:3; 1Co 7:19; 1Te 1:3; San 2:22
5:7 1Co 9:24
5:8 Rom 8:28
5:9 1Co 5:6
5:10 1Co 2:3; Flp 3:15
5:11 Luc 2:34
5:13 1Co 8:9; 2Co 4:5; Efe 5:21; 1Pe 2:16

Huwag lamang ninyong gamitin ang inyong kalayaan para sa
pagkakataon sa laman, sa halip ay maglingkod kayo sa isa't isa
sa pamamagitan ng pag-ibig, 14dahil ang buong Kasulatan ay
natutupad sa isang salita na ito, "Iibigin mo ang iyong kapwa
katulad ng iyong sarili."

Lev 19:18

15Ngunit kung kayo ay nagkakagatan at nagsasakmalan sa isa't
isa, mag-ingat kayo na hindi ninyo maubos ang isa't isa.

Ang Buhay sa Pamamagitan ng Espiritu

16Ngunit sinasabi ko, lumakad kayo ayon sa Espiritu
upang hindi ninyo maisagawa ang pagnanasa ng laman,
17sapagkat ang laman ay masidhing nagnanasa laban sa
Espiritu at ang Espiritu ay nagnanasa laban sa laman, ngunit
ang mga ito ay sumasalungat sa isa't isa upang hindi ninyo
gawin ang mga bagay na ninanais ninyo. 18Subalit kung kayo
ay pinapatnubayan ng Espiritu, kayo ay wala sa ilalim ng
kautusan.

19Ngayon ay hayag ang mga gawa ng laman. Ang mga ito
ay ang pangangalunya, pakikiapid, karumihan, kahalayan,
20pagsamba sa diyos-diyosan, pangkukulam, mga pag-aalitan,
mga paglalaban-laban, mga panibugho, mga labis na pagkagalit,
mga pakikipagtunggali, mga pagkabaha-bahagi, mga maling
katuruan, 21mga pagkainggit, mga pagpatay, mga paglalasing,
mga magulong pagtitipon at mga bagay na katulad ng mga ito.
Ito ay aking ipinapaunang-sabi sa inyo katulad din ng sinabi
ko sa inyo noong una, na ang mga gumagawa ng gayong mga
bagay ay hindi magmamana ng paghahari ng Diyos.

22Ngunit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan,
kapayapaan, pagtitiis, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan,
23kaamuan at pagpipigil sa sarili. Ang kautusan ay hindi laban
sa mga bagay na ito. 24Ngunit sila na mga na kay Cristo ay
ipinako na sa krus ang laman kasama ang mga masasamang
pita at mga pagnanasa nito. 25Kung tayo ay nabubuhay sa
pamamagitan ng Espiritu, tayo rin ay lalakad na may kaayusan
sa Espiritu. 26Huwag tayong maghangad na maging mayabang,
na ginagalit ang isa't isa at naiinggit sa isa't isa.

Ang Paggawa ng Mabuti sa Lahat

6 Mga kapatid, kapag ang isang tao ay matagpuan sa
anumang pagsalangsang, kayong mga espirituwal ang
magpanumbalik sa katulad niya sa pamamagitan ng espiritu
ng kaamuan, habang iniingatan mo ang iyong sarili na hindi
ka rin matukso. 2Batahin ninyo ang mga pasanin ng isa't isa
at tuparin ninyo sa ganitong paraan ang kautusan ni Cristo,

5:14 Mat 5:43; 22:39
5:16 Rom 8:2, 4-6,9,14; 2Co 5:17
5:17 Rom 8:5-8
5:18 Rom 2:12; 1Ti 1:9
5:19 1Co 6:18
5:21 Mat 25:34; Rom 13:13
5:22 Efe 5:9
5:23 Gaw 24:25
5:24 Rom 6:6; Col 2:11
5:26 Flp 2:3
6:1 Mat 18:15; 2Co 2:7
6:2 San 2:8

3 sapagkat kung iniisip ng sinuman na siya ay mahalaga,
kahit siya ay hindi mahalaga, dinadaya niya ang kaniyang
sarili. 4 Ngunit suriin ng bawat isa ang sarili niyang gawa
at saka siya magkaroon ng pagmamalaki sa kaniyang
sarili lamang at hindi sa iba, 5 sapagkat ang bawat isa ay
magbabata ng kaniyang sariling pasanin.

6 Ngunit yaong tinuturuan sa salita ay hayaang
magbahagi sa nagtuturo sa kaniya ng lahat ng mababuting
bagay.

7 Huwag kayong padaya, ang Diyos ay hindi nalilibak
sapagkat anuman ang ihahasik ng tao ay iyon din ang
kaniyang aanihin, 8 dahil siya na naghahasik sa kaniyang
laman ay aani ng kabulukang mula sa laman, ngunit siya
na naghahasik sa Espiritu ay aani ng buhay na walang
hanggan. 9 At huwag tayong panghinaan ng loob sa
paggawa ng mabuti sapagkat sa takdang panahon ay aani
tayo kung tayo ay hindi manlulupaypay. 10 Kaya nga,
habang tayo ay may pagkakataon, tayo ay gumawa ng
mabuti sa lahat ng mga tao, at lalung-lalo na sa mga nasa
sambahayan ng pananampalataya.

Ang Bagong Nilalang ng Diyos

11 Tingnan ninyo, kung gaano kalaking mga titik ang
isinulat ko sa inyo sa pamamagitan ng aking kamay. 12 Sila
na nagnanais na maging maganda sa panlabas na anyo
sa laman ang mga pumipilit sa inyo na magpatuli upang
huwag lang silang pagmalupitan dahil sa krus ni Cristo
13 sapagkat kahit sila mismo na mga nasa pagtutuli ay hindi
tumutupad sa kautusan. Subalit ninanais nila na kayo ay
magpatuli upang sila ay magmapuri sa inyong katawan.
14 Ngunit para sa akin ay huwag nawang mangyari na
ako ay magmapuri maliban sa krus ng ating Panginoong
Jesu-Cristo, na sa pamamagitan niya ang buong sanlibutan
ay ipinako sa krus para sa akin at ako ay ipinako sa krus
para sa sanlibutan, 15 sapagkat kay Cristo Jesus ay walang
magagawa ang pagiging nasa pagtutuli at ang pagiging
nasa di-pagtutuli kundi ang bagong nilalang.

16 At ang sinumang lalakad ng maayos sa pamantayang
ito, sumakanila ang kapayapaan at kahabagan, gayundin sa
Israel ng Diyos.

17 Mula ngayon ay huwag na akong bagabagin ng
sinuman sa aking mga pagpapagal sapagkat dala-dala ko sa
aking katawan ang mga marka ng Panginoong Jesus.

18 Mga kapatid, ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-
Cristo ay sumainyong espiritu. Siya nawa!

6:3 Rom 12:13
6:4 2Co 13:5
6:6 1Co 9:11; 1Ti 5:17
6:7 1Co 6:9; 2Co 9:6
6:8 Rom 6:23; San 3:18
6:9 Heb 12:3
6:10 Efe 2:19; 1Pe 4:17
6:11 1Co 16:21
6:12 Mat 23:25-26
6:13 Rom 2:25; Flp 3:3
6:14 Rom 6:2, 6; 1Co 2:2
6:15 1Co 7:19; 2Co 5:17
6:17 2Co 1:5
6:18 Rom 6:20; Flp 4:23; 2Ti 4:22; Flm 1:25

ANG SULAT NI APOSTOL PABLO SA MGA TAGA-EFESO

Sumulat: Pablo
Para Kanino: Sa mga mananampalatayang nasa Efeso
Taon: A.D. 60

Panimulang Salita sa Sulat sa Mga Taga-Efeso

Sa panahon ng ikalawang pang-misyong paglalakbay ni Pablo, dinalaw niya ang Efeso sa maikling panahon nang siya ay pabalik sa Antioquia (Gaw 18:19-20). Pagkatapos nito, siya ay bumalik doon para sa tatlong taong mabungang paglilingkod (Gaw 19). Nang patapos na ang kaniyang ikatlong pang-misyong paglalakbay, siya ay nakipagkita sa matatanda sa Efeso habang siya ay pabalik sa Jerusalem (Gaw 20:17-38). Pagkatapos nito, sa panahon ng kaniyang unang pagkabilanggo sa Roma, sumulat si Pablo sa mga iglesiya na kaniyang itinatag. Ang isa sa kaniyang sinulatan ay ang iglesiya sa Efeso.

Ang Efeso ay ang punong lungsod ng Roma sa lalawigan ng Asya, ang pangunahing lugar ng kalakalan sa Asya Menor at sentro ng libangan at pagsamba sa diyos-diyosan. Maraming magkakaibang diyos ang sinasamba ng mga hindi mananampalataya ngunit ang diyosang si Diana ang nangingibabaw sa buhay pangrelihiyon. Ang pangangaral ni Pablo patungkol kay Cristo ay naging banta sa pagsamba kay Diana, at naging sanhi ng matinding pagsalungat (Gaw 19:23-41).

Isinulat ni Pablo ang sulat sa mga taga-Efeso sa panahon ng A.D. 60 upang palakasin ang kanilang loob habang sila ay namumuhay para kay Cristo sapagkat ang kalalagayang pagsamba sa diyos-diyosan ay laganap. Ang sulat na ito ay may tatlong pangunahing bahagi. Ang unang bahagi ay patungkol sa mga katuruan kung saan ipinaliwanag ni Pablo ang kahulugan ng pagiging na kay Cristo (kabanatang 1-3). Ang dalawang praktikal na bahagi ay nagsisimula sa Efeso 4:1 at ang pagsasalarawan kung paano "lumakad na karapat-dapat" kay Cristo ang isang mananampalataya (4:1-6:9). Ang huling bahagi ay naglalarawan ng pakikipaglabang espirituwal na kinakaharap ng mga mananampalataya (6:10-20).

Kapag tayong mga mananampalataya ay namumuhay para kay Cristo, ang Diyos ay tumatanggap ng "kaluwalhatian sa iglesiya sa pamamagitan ni Cristo Jesus sa lahat ng mga henerasyon magpakailan pa man" (3:21).

Balangkas ng Sulat sa Mga Taga-Efeso:

Panimula (*1:1-2*)
I. Ang kahulugan ng pagiging na kay Cristo (*1:3-3:21*).
II. Ang karapat-dapat na pamumuhay ng pagiging na kay Cristo (*4:1-6:9*).
III. Ang pagtatagumpay ng mananampalataya sa espirituwal na pakikipagtunggali (*6:10-20*).
Pangwakas (*6:21-24*)

1 Si Pablo, ang apostol ni Jesu-Cristo sa pamamagitan ng
kalooban ng Diyos, sa mga banal na nasa Efeso at sa mga
tapat kay Cristo Jesus, **2** sumainyo ang biyaya at kapayapaang
mula sa Diyos na ating Ama at mula sa Panginoong
Jesu-Cristo.

1:1 1Co 1:1; Col 1:1
1:2 Rom 1:7

Mga Pagpapalang Espirituwal

3 Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo,
na siyang nagpala sa atin ng bawat pagpapalang espirituwal na
nasa kalangitan sa pamamagitan ni Cristo, **4** ayon sa pagpili niya
sa atin kay Cristo bago pa itinatag ang sanlibutan, upang tayo
ay maging mga banal at walang kapintasan sa harapan niya sa
pag-ibig. **5** Ayon din sa pagkatalaga niya sa atin para sa pag-
ampon ng mga anak sa kaniya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo,
ayon sa mabuting kaluguran ng kaniyang kalooban, **6** para sa
kapurihan ng kaluwalhatian ng kaniyang biyaya, kung saan
tayo ay ginawa niyang katanggap-tanggap sa Minamahal.
7 Sa kaniya ay mayroon tayong katubusan sa pamamagitan
ng kaniyang dugo at kapatawaran ng mga kasalanan ayon sa
kayamanan ng kaniyang biyaya, **8** na kaniyang pinasagana para
sa atin sa lahat ng karunungan at kaalaman **9** pagkatapos niyang
ipaalam sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban, ayon sa
kaniyang mabuting kaluguran na kaniyang nilayon sa kaniyang
sarili **10** upang sa pangangasiwa ng kaganapan ng mga panahon
ay mapag-iisa niya ang lahat ng mga bagay kay Cristo, hindi
lamang ang mga bagay sa kalangitan kundi kahit ang mga
bagay sa lupa. **11** Sa kaniya rin ay pinili tayong magkamit ng
mana yamang tayo ay naitalaga noong una pa, ayon sa layunin
niya na gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa kapasyahan
ng kaniyang kalooban, **12** upang tayo na mga naunang nagtiwala
kay Cristo ay maging sa kapurihan ng kaniyang kaluwalhatian.
13 Sa kaniya rin kayo ay sumampalataya nang narinig
ninyo ang salita ng katotohanan, ang ebanghelyo ng inyong
kaligtasan. Sa pamamagitan din niya, pagkatapos ninyong
sumampalataya, ay tinatakan kayo ng Banal na Espiritu na
ipinangako, **14** na siyang katiyakan ng ating mana hanggang sa
katubusan ng biniling pag-aari, para sa kapurihan ng kaniyang
kaluwalhatian.

Pasasalamat at Pananalangin

15 Dahil dito, kahit ako, nang aking narinig ang patungkol
sa inyong pananampalataya sa Panginoong Jesus at ang pag-
ibig ninyo sa lahat ng mga banal, **16** ay hindi tumitigil sa
pagpapasalamat alang-alang sa inyo sa pagbanggit ko sa inyo
sa aking mga panalangin. **17** Idinadalangin ko na ang Diyos
ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang Ama ng kaluwalhatian,
ang siyang magkaloob sa inyo ng espiritu ng karunungan
at kapahayagan sa lubos na kaalaman sa kaniya. **18** At ang
mga paningin ng inyong pang-unawa ay maliwanagan
upang malaman ninyo kung ano ang pag-asa ng kaniyang
pagtawag, kung ano ang yaman ng kaluwalhatian ng kaniyang

1:3 2Co 1:3; 1Pe 1:3
1:4 Col 1:22; 2Te 2:13
1:5 Rom 8:14-15,29; 1Co 1:21; Col 1:19
1:6 Mat 3:17
1:7 Rom 3:24-25
1:9 Rom 16:25
1:10 Rom 5:6; Gal 4:4; Col 1:20
1:11 Rom 8:29-30; Heb 6:17
1:13 Rom 16:3; Col 1:5
1:14 Rom 3:24; 2Co 5:5
1:15 Col 1:4
1:16 Rom 1:8,10
1:17 Jua 20:17; Col 1:9
1:18 Rom 8:28; Col 1:12; Heb 6:4

pamana sa mga banal, 19at kung ano ang nangingibabaw na
kadakilaan ng kaniyang kapangyarihan patungkol sa atin na
sumasampalataya. Ayon sa paggawa ng kalakasan ng kaniyang
kapangyarihan, 20na kaniyang ginawa kay Cristo nang siya
ay ibinangon mula sa mga patay at pinaupo sa kalangitan, sa
bahaging kanan ng kaniyang kamay, 21na higit na nakakataas sa
bawat pamunuan, kapamahalaan, kapangyarihan, paghahari at
sa bawat pangalang ipinangalan, hindi lamang sa kapanahunang
ito kundi kahit sa darating pa.
22At ang lahat ay ipinailalim sa kaniyang mga paa at
ipinagkaloob sa kaniya na maging ulo ng lahat sa iglesiya, 23na
siyang kaniyang katawan, ang kapuspusan niya na pumupuspos
sa lahat-lahat.

Binuhay kay Cristo

2 At kayo ay kaniyang binuhay, na dating mga patay sa inyong
mga pagsalangsang at mga kasalanan, 2na sa mga ito ay dati
kayong namuhay ayon sa takbuhin ng sanlibutang ito, ayon sa
pinuno ng kapamahalaan ng hangin, ang espiritu na ngayon ay
gumagawa sa mga anak ng pagsuway. 3Sila na kasama nating
namuhay noon ayon sa mga masamang-nasa ng ating laman, na
gumagawa ng mga pagnanais ng laman at ng mga kaisipan, ay
likas na mga anak ng labis na poot katulad ng iba.
4Ngunit ang Diyos, na sagana sa kahabagan sa pamamagitan
ng kaniyang dakilang pag-ibig kung saan tayo ay inibig niya
5kahit noong tayo ay mga patay pa sa ating mga pagsalangsang,
ang bumuhay sa atin kasama ni Cristo (sa pamamagitan ng
biyaya kayo ay naligtas). 6At tayo ay kasamang ibinangon at
kasamang pinaupo sa kalangitan kay Cristo Jesus, 7upang
maipakita niya sa mga darating na mga kapanahunan ang
sumasaganang yaman ng kaniyang biyaya sa kaniyang
kabutihan sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus. 8Sapagkat sa
biyaya kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya,
at ito ay hindi mula sa inyong mga sarili, ito ay kaloob ng
Diyos, 9hindi dahil sa mga gawa, upang hindi magmalaki
ang sinuman. 10Dahil tayo ay kaniyang mga likha na nilikha
ng Diyos kay Cristo Jesus para sa mga mabuting gawa, na
inihanda ng Diyos noong una upang mamuhay tayo sa mga ito.

Nagkakaisa kay Cristo

11Kaya nga, alalahanin ninyo na dati kayo ay mga Gentil♦
na nasa laman, na mga tinatawag na nasa di-pagtutuli ng mga
tinatawag na nasa pagtutuli sa laman na gawa ng kamay. 12Sa
panahong iyon, kayo ay hiwalay kay Cristo, mga naihiwalay
mula sa pagkamamamayan ng Israel at mga dayuhan sa mga

1:19 Col 1:29
1:20 Mar 16:19; Gaw 2:24
1:21 Mat 12:32; Col 1:16
1:22 Mat 22:44; 1Co 11:3; Col 1:18
1:23 Jua 1:16; 1Co 12:27
2:1 Col 2:13
2:2 Jua 12:31; Rom 11:30; 12:2; 1Pe 4:3
2:3 Gal 5:24
2:4 Jua 3:16
2:5 Jua 5:24; Gaw 15:11
2:6 Rom 6:5
2:7 Rom 2:4; Tit 3:4
2:8 Rom 3:2
2:9 Rom 4:2; 1Co 1:29; 2Ti 1:9; Tit 3:5
2:10 Tit 2:14
2:11 Col 2:11
2:12 Gal 3:17; 1Te 4:13

tipan♦ ng pangako, na walang tinataglay na pag-asa at mga
walang Diyos sa sanlibutan. 13Ngunit ngayon, dahil kay Cristo
Jesus, kayo na dating malayo ay inilapit sa pamamagitan ng
dugo ni Cristo.

14Sapagkat siya ang ating kapayapaan, na kaniyang pinag-
isa ang dalawa at giniba ang gitnang pader na humahati. 15Sa
pamamagitan ng kaniyang katawan ay pinawalang-bisa niya
ang pag-aalitan, ang batas ng kautusan na nasa mga utos upang
magawa niya na ang dalawa ay maging isang bagong tao sa
kaniyang sarili, sa gayon siya ay gumawa ng kapayapaan, 16at
upang kaniyang pagkasunduin ang dalawa sa Diyos sa isang
katawan sa pamamagitan ng krus, na sa pamamagitan nito ay
pinatay niya ang pag-aalitan. 17Siya ay dumating at inihayag
niya ang ebanghelyo ng kapayapaan sa inyo na malayo at sa
kanila na malapit 18sapagkat sa pamamagitan niya, tayo ay
kapwa mayroong paglapit patungo sa Ama sa pamamagitan ng
isang Espiritu.

19Kaya nga, hindi na kayo mga dayuhan at mga banyaga
subalit mga mamamayang kasama ng mga banal at kabilang
sa sambahayan ng Diyos. 20At kayo ay itinayo sa ibabaw ng
saligan ng mga apostol at ng mga propeta, at si Jesu-Cristo
mismo ang siyang pangunahing batong-panulok, 21na sa kaniya
ang lahat ng bahagi ng gusali na sama-samang pinaghugpong
ay lumalago upang maging isang banal na dako ng templo♦ sa
Panginoon. 22Sa kaniya rin kayo ay sama-samang itinayo upang
maging tirahan ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu.

3 Dahil dito, akong si Pablo ay bilanggo ni Cristo Jesus
alang-alang sa inyo na mga Gentil, 2kung tunay ninyong
narinig na ibinigay sa akin ang pangangasiwa sa biyaya ng
Diyos para sa inyo, 3na sa pamamagitan ng pahayag, ipinaalam
niya sa akin ang hiwaga (kagaya ng isinulat ko sa inyo noon sa
kaunting salita, 4at sa pamamagitan ng inyong pagbasa nito,
mauunawaan ninyo ang aking kaalaman sa hiwaga ni Cristo),
5na sa ibang kapanahunan ay hindi ipinaalam sa mga anak ng
tao katulad ng pagpapahayag nito ngayon sa mga banal niyang
apostol at mga propeta sa pamamagitan ng Espiritu. 6Ito ay
upang ang mga Gentil ay maging kasamang tagapagmana,
kaisang katawan at kasamang kabahagi ng kaniyang pangako
kay Cristo sa pamamagitan ng ebanghelyo. 7Dahil dito, ako ay
ginawang tagapaglingkod ayon sa kaloob ng biyaya ng Diyos
na ibinigay sa akin, ayon sa mabisang paggawa ng kaniyang
kapangyarihan.

8Ako na higit na mababa kaysa sa pinakamababa sa lahat ng
mga banal ay pinagkalooban ng biyayang ito upang ipangaral

2:13 Col 1:20
2:14 Jua 14:27; 1Co 2:14; Gal 3:28
2:16 2Co 5:18; Col 1:20
2:17 Luc 2:14
2:18 1Co 12:13; Col 1:12
2:19 Gal 6:10; Flp 3:20
2:20 Mat 16:18; Gaw 4:11; 1Co 3:9; 1Pe 2:4-8
2:21 1Co 3:16-17
2:22 1Co 3:16
3:1 Gaw 23:18; 2Ti 1:8; Flm 1:1,9
3:2 Col 1:25
3:3 Rom 16:25; 1Co 2:10
3:4 2Co 11:6
3:5 Rom 16:26
3:6 Rom 8:17
3:7 Rom 12:3; 1Co 3:5; Col 1:29
3:8 Rom 2:4; 1Co 15:9

ko sa mga Gentil ang hindi malirip na kayamanan ni Cristo, **9**at
upang ipakita sa lahat kung ano ang pakikipag-isa ng hiwaga
na sa simula pa ng panahon ay nakatago sa Diyos na lumikha
ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. **10**At sa
gayon ay maipaalam sa mga pamunuan at mga kapamahalaan
na nasa kalangitan ang malawak na karunungan ng Diyos sa
pamamagitan ng iglesiya, **11**ayon sa walang hanggang layunin
na kaniyang ginawa kay Cristo Jesus na ating Panginoon.
12Sa kaniya, tayo ay mayroong lakas ng loob at paglapit na
may katiyakan sa pamamagitan ng pananampalataya kay
Cristo. **13**Kaya nga, ihinihiling ko sa inyo na huwag kayong
manghina sa mga paghihirap ko para sa inyo, na siya ninyong
kaluwalhatian.

Panalangin para sa mga Taga-Efeso

14Dahil dito, iniluluhod ko ang aking mga tuhod sa Ama
ng ating Panginoong Jesu-Cristo. **15**Sa kaniya ay pinangalanan
ang bawat angkan sa langit at sa lupa, **16**upang ayon sa
kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian ay mabigyan niya
kayo ng kapangyarihan na mapalakas ang inyong panloob na
pagkatao sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu, **17**upang si
Cristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng
pananampalataya, at upang kayo na nag-ugat at natatag sa pag-
ibig **18**ay lubos na makaunawa, kasama ng mga banal, kung ano
ang lawak, ang haba, ang lalim at ang taas ng pag-ibig ni Cristo.
19At sa gayon ay maunawaan ninyo ang pag-ibig ni Cristo na
nangingibabaw sa kaalaman, at upang mapuspos kayo ng lahat
ng kapuspusan ng Diyos.

20Subalit sa kaniya na kayang gawin nang lubhang
sagana kaysa sa lahat ng ating mga hinihiling o iniisip
ayon sa kapangyarihang gumagawa sa atin, **21**sa kaniya ang
kaluwalhatian sa iglesiya sa pamamagitan ni Cristo Jesus sa
lahat ng mga saling lahi magpakailan pa man. Siya nawa.

Pagkakaisa sa Katawan ni Cristo

4 Kaya nga, ako na bilanggo sa Panginoon ay namamanhik
sa inyo na lumakad kayong karapat-dapat sa pagkatawag na
itinawag sa inyo **2**na may buong kapakumbabaan at kaamuan
na may pagtitiis. Magbatahan kayo sa isa't isa sa pag-ibig.
3Pagsikapan ninyong panatilihin ang pagkakaisa ng Espiritu
sa buklod ng kapayapaan. **4**Mayroong isang katawan at isang
Espiritu kung paanong tinawag din kayo sa isang pag-asa ng
inyong pagkatawag, **5**isang Panginoon, isang pananampalataya,
isang bawtismo, **6**isang Diyos at Ama ng lahat na nakahihigit sa
lahat at sumasa lahat at nasa inyong lahat.

3:9 Rom 16:25
3:10 Rom 11:33; 1Co 2:7; Col 2:10,15; 1Pe 1:12
3:12 2Co 3:4; Heb 3:14; 1Jn 2:28
3:14 Flp 2:10
3:16 Rom 2:4
3:19 Flp 4:7; Col 2:10
3:20 Rom 16:25
3:21 Rom 11:36
4:1 Rom 8:28; Flp 1:27
4:2 Col 3:12-13
4:3 Rom 15:5; Col 3:15
4:4 Rom 12:5; 1Co 12:13
4:5 1Co 8:6
4:6 Rom 11:36

7 Ngunit ang bawat isa sa atin ay binigyan ng biyaya ayon
sa sukat ng kaloob ni Cristo. 8 Kaya nga, sinabi niya, "Nang
umakyat siya sa itaas, kinuha niya mula sa pagkabihag ang
mga bihag at nagbigay siya ng mga kaloob sa mga tao."
Awi 68:18

9 (Nang "siya ay umakyat," ano ang kahulugan nito kundi
siya rin ay bumaba sa ilalim na bahagi ng lupa? 10 Siya na
bumaba ay siya ring umakyat sa itaas ng lahat ng kalangitan
upang kaniyang mapuspos ang lahat ng mga bagay).

11 Pinagkalooban niya ang ilan bilang mga apostol, ang
ilan bilang mga propeta, ang ilan bilang mga mangangaral
ng ebanghelyo at ang ilan bilang mga pastor at mga
guro, 12 upang lubos na maihanda ang mga banal para
sa gawaing paglilingkod para sa katitibay ng katawan ni
Cristo, 13 hanggang sa maabot nating lahat ang pagkakaisa
ng pananampalataya at ng kaalaman sa Anak ng Diyos,
hanggang sa maging ganap patungo sa sukat ng antas ng
paglago sa kapuspusan kay Cristo. 14 Ito ay upang huwag na
tayo maging mga bata na natatangay-tangay at nadadala-
dala ng bawat hangin ng katuruan sa pandaraya ng mga tao
at ng katusuhan patungo sa mapanlinlang na kaparaanan.
15 Sa halip, sa pagsasabi ng katotohanan sa pag-ibig ay lalago
tayo sa lahat ng mga bagay kay Cristo, na siya ang ulo. 16 Sa
kaniya ang buong katawan ay inihugpong at pinag-isa sa
pamamagitan ng itinutustos ng bawat dugtong ayon sa sukat
ng mabisang paggawa ng bawat bahagi. Ito ang gumagawa
sa paglago ng katawan sa ikatitibay ng kaniyang sarili sa
pag-ibig.

17 Kaya sinasabi ko nga ito at pinatotohanan sa Panginoon
na huwag na huwag na kayong lumakad katulad ng ibang
mga Gentil na lumalakad sa kanilang pag-iisip na walang
kabuluhan. 18 Sapagkat ang kanilang pang-unawa ay
nadidimlan, mga napahiwalay sa buhay ng Diyos, dahil
sa kanilang kawalan ng kaalaman, dahil sa katigasan ng
kanilang puso, 19 dahil sa kawalan ng kanilang pakiramdam,
ay isinuko nila ang kanilang mga sarili sa kahalayan patungo
sa paggawa ng lahat ng karumihan na may kasakiman.

20 Ngunit hindi sa ganoong paraan kayo natuto patungkol
kay Cristo. 21 Kung totoong nakinig kayo sa kaniya at
naturuan sa kaniya ayon sa katotohanan na na kay Jesus,
22 hubarin ninyo ang dating pamumuhay ayon sa lumang
pagkatao na nasisira ayon sa mapandayang pagnanasa, 23 sa
halip ay magpanibago kayo sa espiritu ng inyong kaisipan
24 at isuot ninyo ang bagong pagkatao, na ayon sa Diyos ay
nilikha sa katuwiran at totoong kabanalan.

4:7 Rom 3:24; 12:3; 1Co 12:7,11
4:8 Col 2:15
4:11 Rom 12:6; 2Ti 4:5; San 3:1; 2Pe 3:2
4:12 Rom 14:19; 1Co 12:27
4:13 Jua 1:16; Col 1:28
4:14 1Co 14:20; San 1:6
4:16 1Co 12:7; Col 2:19
4:17 Rom 1:21
4:18 Rom 1:21; 2Co 3:14
4:19 Rom 1:24; Col 3:5; 1Ti 4:2; 1Pe 4:3
4:22 Rom 6:6; Col 3:5, 8-9; Heb 3:13; 1Pe 2:1
4:23 Rom 12:2; Col 3:10
4:24 Rom 6:4

25 Dahil dito, sa paghubad ninyo ng kasinungalingan,
"magsalita ng katotohanan ang bawat isa sa kaniyang kapwa"
Zak 8:16
sapagkat tayo ay bahagi ng bawat isa. 26 "Magalit kayo at huwag
kayong magkasala."
Awi 4:4
Huwag ninyong hayaang lumubog ang araw sa inyong
poot, 27 ni huwag ninyong bigyan ng puwang ang diyablo♦.
28 Ang nagnanakaw ay huwag nang magnakaw pa, sa halip,
siya ay magpagal sa paggawa ng mabuti na ginagamit ang
kaniyang mga kamay upang siya ay makapamahagi sa mga
nangangailangan. 29 Huwag ninyong pabayaang mamutawi sa
bibig ninyo ang anumang walang kabuluhang salita, sa halip
ay yaong mabuti na kagamit-gamit sa ikatitibay upang ito
ay makapagbigay biyaya sa nakikinig. 30 At huwag ninyong
pighatiin ang Banal na Espiritu ng Diyos, na sa pamamagitan
niya ay natatakan kayo para sa araw ng katubusan. 31 Alisin
ninyo ang lahat ng sama ng loob, labis na galit, poot, sigawan,
panlalait at lahat ng uri ng kasamaan. 32 Subalit maging mabait
kayo sa isa't isa, mahabagin, nagpapatawaran sa isa't isa, kung
paanong kayo ay pinatawad ng Diyos kay Cristo.

5 Kaya kayo ay maging tagatulad ng Diyos bilang mga
minamahal na mga anak. 2 Mamuhay kayo sa pag-ibig, kung
paanong inibig tayo ni Cristo at ipinagkaloob ang kaniyang
sarili alang-alang sa atin bilang handog at hain sa Diyos na
mabangong samyo.
3 Subalit marapat sa mga banal na ang pakikiapid, ang
lahat ng karumihan, ang kasakiman ay huwag man lang
mabanggit sa inyo, 4 kahit ang mahalay, walang kabuluhan o
malaswang pananalita ay hindi nararapat sa inyo, sa halip ay
ang pasasalamat. 5 Dahil ito ay nalalaman ninyo, na walang
mapakiapid, maruming tao o sakim, na sumasamba sa mga
diyos-diyosan ang nagtataglay ng mana sa kaharian ni Cristo
at ng Diyos. 6 Kaya huwag ninyong hayaang dayain kayo ng
sinuman sa pamamagitan ng mga walang kabuluhang salita,
sapagkat dahil sa mga bagay na ito ay dumarating ang poot ng
Diyos sa mga anak ng masuwayin. 7 Huwag nga kayong maging
kabahagi nila.
8 Dati kayo ay mga nasa kadiliman ngunit ngayon ay nasa
liwanag sa Panginoon. Mamuhay kayo bilang mga anak
ng liwanag 9 (sapagkat ang bunga ng Espiritu ay sa lahat
ng kabutihan at katuwiran at katotohanan), 10 na inyong
pinapatunayan kung ano ang lubos na nakakalugod sa
Panginoon. 11 At huwag kayong makipag-isa sa mga hindi

4:25 Rom 12:5; Col 3:9
4:26 Mat 5:22
4:27 2Co 2:10
4:28 Gal 6:10; 1Te 4:11
4:29 Mat 12:36; Rom 14:19; Col 3:8
4:30 Col 3:8; 1Pe 2:1
4:32 1Pe 3:8
5:1 Mat 5:48
5:2 Gal 1:4; Heb 7:27
5:3 1Co 6:18; Col 3:5
5:5 Mat 25:34; Col 3:5
5:6 Mar 13:5; Rom 1:18
5:8 Luc 16:8; Jua 8:12
5:9 Mat 7:16-20; Rom 15:14; Gal 5:22
5:10 1Ti 5:4
5:11 Rom 13:12; 2Co 6:14

mabungahing gawa ng kadiliman, sa halip ay sawayin nga
ninyo ang mga ito 12sapagkat nakakahiyang banggitin ang
mga bagay na kanilang ginagawa sa lihim. 13Ngunit ang lahat
ng mga bagay na nalalantad ay nahahayag sa pamamagitan ng
liwanag sapagkat ang ilaw ang naghahayag ng lahat. 14Dahil
dito, sinabi niya, "Gumising ka, ikaw na natutulog, bumangon
ka mula sa mga patay at si Cristo ay magliliwanag sa iyo."

15Tingnan nga ninyong mabuti kung paano kayo lumakad
na may buong pag-iingat, hindi katulad ng mga hangal kundi
katulad ng mga pantas. 16Samantalahin ninyo ang panahon
dahil ang mga araw ay masama.

17Dahil dito, huwag kayong maging mga mangmang,
subalit unawain ninyo kung ano ang kalooban ng Panginoon.
18At huwag kayong malasing sa alak na kinaroroonan ng
kawalan ng pagpipigil sa sarili, sa halip ay mapuspos kayo
ng Espiritu, 19at mag-usap kayo sa isa't isa sa mga awit, mga
himno at mga espirituwal na awitin. Umawit at magpuri kayo
sa Panginoon sa inyong puso, 20at sa lahat ng mga bagay ay
magpasalamat kayong palagi sa Diyos at Ama sa pangalan ng
ating Panginoong Jesu-Cristo, 21na nagpapasakop sa isa't isa sa
pagkatakot sa Diyos.

5:13 Jua 3:20-21
5:14 Jua 5:25; Rom 13:11
5:16 Col 4:5
5:17 Rom 12:2; Col 1:9
5:18 Luc 1:15; Rom 13:13
5:19 1Co 14:15; Col 3:16
5:20 Col 3:17; Heb 13:15
5:21 Gal 5:13; 1Pe 5:5
5:22 1Ti 2:12; Tit 2:5; 1Pe 3:1,5
5:25 Col 3:19
5:26 Jua 17:19; Heb 2:11
5:27 2Co 4:14
5:30 Rom 12:5; 1Co 12:27

Mga Asawang Babae at Mga Asawang Lalaki

22Mga asawang babae, magpasakop kayo sa inyong mga
asawa kagaya ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon, 23sapagkat
ang asawang lalaki ay ang ulo ng asawang babae, katulad ni
Cristo na ulo ng iglesiya at siya ang Tagapagligtas ng katawan.
24Subalit kung paanong ang iglesiya ay nagpapasakop kay
Cristo, gayundin, ang mga asawang babae ay magpasakop sa
ganitong paraan sa kanilang sariling asawa sa lahat ng mga
bagay.

25Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong mga asawa
katulad ng pagmamahal ni Cristo sa iglesiya at ipinagkaloob
ang kaniyang sarili alang-alang dito, 26upang kaniyang
mapaging-banal ito at nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas
ng tubig sa salita. 27At upang maiharap niya ang iglesiya sa
kaniyang sarili na isang marilag na iglesiya, walang batik,
kulubot, o anumang mga gayong bagay kundi maging banal
at walang kapintasan. 28Sa gayong paraan dapat ibigin ng mga
asawang lalaki ang kanilang mga asawa katulad ng kanilang
sariling katawan. Siya na umiibig sa kaniyang asawa ay umiibig
sa kaniyang sarili 29sapagkat wala pang sinuman ang namuhi sa
kaniyang sariling katawan kundi inaalagaan at minamahal niya
ito katulad ng ginagawa ng Panginoon sa iglesiya 30dahil tayo
ay bahagi ng kaniyang katawan, mula sa kaniyang laman at

mula sa kaniyang mga buto. **31**"Dahil dito, iiwan ng lalaki ang
kaniyang ama at ina, at makikipag-isa sa kaniyang asawa at ang
dalawa ay magiging isang laman."

Gen 2:24

32Ito ay dakilang hiwaga, ngunit nagsasalita ako patungkol kay
Cristo at sa iglesiya. **33**Gayunpaman, ibigin ng bawat isa sa inyo
ang kaniyang asawang babae katulad sa kaniyang sarili upang
maigalang ng asawang babae ang kaniyang asawa.

Mga Anak at Magulang

6 Mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang sa
Panginoon dahil ito ay matuwid. **2**"Igalang ninyo ang
inyong ama at ina,"

Exo 20:12; Deu 5:16

(ito ang unang utos na may pangako) **3**"upang ito ay makabuti
sa inyo at kayo ay mamuhay nang matagal sa lupa."

Exo 20:12; Deu 5:16

4Mga ama, huwag ninyong ibunsod sa poot ang inyong mga
anak, sa halip ay alagaan ninyo sila sa pagsasanay at sa turo ng
Panginoon.

Mga Alipin

5Mga alipin, sundin ninyo ang inyong mga panginoon ayon
sa laman nang may pagkatakot at panginginig, sa katapatan ng
inyong mga puso, katulad ng kay Cristo; **6**hindi sa paglilingkod
kung may nakatingin sa inyo, kundi bilang mga alipin ni
Cristo na gumagawa ng kalooban ng Diyos mula sa inyong
kaluluwa **7**na may mabuting kalooban na naglilingkod sa
Panginoon at hindi sa tao. **8**Sapagkat alam ninyo na ang bawat
isa na nakakagawa ng anumang mabuti, siya ay tatanggap ng
gayundin mula sa Panginoon, kahit siya ay alipin o malaya.

Mga Panginoon

9Mga panginoon, gawin ninyo ang gayunding mga bagay sa
kanila. Itigil ninyo ang pagbabanta dahil nalalaman ninyo na
ang inyong Panginoon din ay nasa kalangitan at siya ay hindi
nagtatangi ng mga tao.

Ang Baluti na Ibinibigay ng Diyos

10Sa katapusan, mga kapatid, magpakatibay kayo sa
Panginoon at sa kapangyarihan ng kaniyang kalakasan.
11Isuot ninyo ang buong baluti ng Diyos upang kayo ay
makatayo laban sa mga lalang ng diyablo. **12**Sapagkat hindi
tayo nakikipagtunggali laban sa laman at dugo, subalit laban
sa mga pamunuan, laban sa mga kapamahalaan, laban sa

5:31 Mat 19:5; 1Co 6:16
6:1 Col 3:20
6:4 Col 3:21
6:5 Col 3:22; 1Ti 6:1; 1Pe 2:18
6:6 Rom 6:22
6:7 Col 3:23
6:8 Mat 16:27; Col 3:24
6:9 Gaw 10:34
6:10 1Co 16:13; 2Ti 2:1
6:11 Rom 13:12; 1Te 5:8
6:12 Rom 8:38; Heb 2:14

mga makapangyayari* sa kadiliman sa kapanahunang ito, at
laban sa espirituwal na kasamaan sa mga dako ng kalangitan.
13 Dahil dito, kunin ninyo ang buong baluti ng Diyos upang
sa masamang araw ay makayanan ninyong tumayo laban sa
kaaway, at tumayo pagkagawa ninyo ng lahat ng mga bagay.
14 Tumayo nga kayo na nabibigkisan ng katotohanan ang
inyong mga balakang, at isuot ninyo ang pandibdib na baluti ng
katuwiran, 15 at isuot ninyo ang kahandaan ng ebanghelyo ng
kapayapaan sa inyong mga paa. 16 Higit sa lahat, kunin ninyo
ang kalasag ng pananampalataya, na sa pamamagitan nito
ay maaapula ninyo ang lahat ng mga nag-aapoy na palaso ng
masama. 17 At tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan, at ang
tabak ng Espiritu na siyang salita ng Diyos. 18 Sa lahat ninyong
panalangin at pagdaing, manalangin kayo sa lahat ng panahon
sa pamamagitan ng Espiritu, at sa mismong bagay na ito ay
magbantay kayo nang buong tiyaga at pagdaing para sa lahat ng
mga banal. 19 At para sa akin, ipanalangin ninyo na bigyan ako
ng salita, na ako ay magkaroon ng lakas ng loob sa pagbukas ko
ng aking bibig upang maipahayag ang hiwaga ng ebanghelyo,
20 kung saan ay kinatawan ako na may tanikala upang sa
pamamagitan nito ay buong-loob kong maihayag kagaya ng
nararapat kong pagsasalita.

6:13 2Co 6:7
6:14 1Te 5:8
6:15 Rom 10:15
6:16 Mat 5:37; 1Jn 5:4
6:17 Heb 4:12
6:18 Mat 26:41; Luc 18:1; Col 1:3
6:19 Rom 16:25; 1Te 5:25
6:20 Gaw 21:33
6:21 Gaw 20:4
6:22 Col 4:7-9
6:23 Gal 6:16; 1Pe 5:14

Panghuling Pagbati

21 At upang malaman din ninyo ang mga bagay patungkol sa
akin at kung ano ang ginagawa ko, ang magpapahayag sa inyo
ng lahat ay ang minamahal na kapatid at matapat na lingkod ng
Panginoon na si Tiquico. 22 Isinugo ko siya sa inyo para mismo
sa bagay na ito upang malaman ninyo ang mga bagay patungkol
sa amin at maaliw niya ang inyong mga puso.
23 Mga kapatid, sumainyo ang kapayapaan at pag-ibig na may
pananampalataya mula sa Diyos Ama at Panginoong Jesu-
Cristo. 24 Ang biyaya ay sumakanilang lahat na umiibig nang
dalisay sa ating Panginoong Jesu-Cristo. Siya nawa!

* **6:12** *makapangyayari*: Ang tinutukoy nito ay ang prinsipe ng sanlibutang ito na walang iba kundi ang diyablo.

ANG SULAT NI APOSTOL PABLO SA MGA TAGA-FILIPOS

Sumulat: Pablo
Para Kanino: Sa mga mananampalatayang nasa Filipos
Taon: A.D. 61-62

Panimulang Salita sa Sulat sa Mga Taga-Filipos

Si apostol Pablo at ang kaniyang mga kamanggagawa ay pumunta sa rehiyon ng Macedonia bilang pagsunod sa pangitaing tinanggap ni Pablo mula sa Diyos (Gaw 16:9-10). Sa pagkakataong iyon ay nakarating si Pablo sa Filipos, ang pangunahing lungsod ng rehiyon ng Macedonia (Gaw 16:12). Ang mga nakatira sa Filipos ay matatapat na mamamayang Romano.

Dahil hindi gaanong marami ang mga Judio sa lungsod, si Pablo ay nakipagkita sa isang pangkat na nagkatipon sa labas ng tarangkahan ng lungsod upang manalangin. Ipinahayag ni Pablo ang ebanghelyo sa kanila at sumampalataya si Lydia at ang kaniyang sambahayan (Gaw 16:14-15). Pinalayas ni Pablo at Silas ang demonyo mula sa isang aliping batang babae, kaya ang mga tao sa lungsod ay nagalit. Dahil dito, iniutos ng mga opisyal ng lungsod na si Pablo at Silas ay pagpapaluin at sila ay itinapon sa bilangguan (Gaw 16:16-26; 1Te 2:2). Subalit pinagpala sila ng Panginoon habang sila ay nasa bilangguan dahil ang bantay ng bilangguan at ang kaniyang sambahayan ay sumampalataya kay Cristo (Gaw 16:19-40). Kinabukasan, pinakawalan ng mga opisyal ng lungsod si Pablo at Silas, at sila ay pumunta sa lungsod ng Tesalonica (4:16; Gaw 17:1-9).

Pagkalipas ng limang taon, si Pablo ay dumalaw sa mga mananampalataya sa Filipos sa kaniyang ikatlong pang-misyong paglalakbay (Gaw 20:1, 3). At pagkatapos ng halos lima pang taon, habang si Pablo ay nakabilanggo sa Roma (1:7, 13, 14, 17; 4:22) ang mahihirap na mga mananampalataya sa Filipos ay masaganang nagbigay para sa mga pangangailangan ni Pablo (2Co 8:1-5). Sa panahon ng A.D. 61-62, si Pablo ay sumulat sa iglesiya sa Filipos at inutusan niya na dalhin ni Epafrodito ang sulat upang magpasalamat sa iglesiya sa kanilang masaganang kaloob (4:10-18), at upang palakasin ang kanilang loob at sila ay turuan.

Si Pablo ay nakakatiyak na sa darating na araw ay muli niyang madadalaw ang mga taga-Filipos (1:19, 25; 2:24). Habang siya ay hindi pa nakakadalaw sa kanila, siya ay nagpadala ng sulat upang tulungan sila sa kanilang pamumuhay bilang Cristiano. Ang pinagtuunan ng kaniyang sulat ay si Cristo, at ang kaisipan, pagkakaisa at kagalakan ng mga mananampalataya. Isinasalarawan niya kung paanong si Cristo ay nagkatawang-tao at namatay, at kung paano siya niluwalhati ng Diyos. Ipinakilala niya ang kaniyang sarili kung paano mag-isip nang katulad ni Cristo, sumunod kay Cristo at tumanggap ng kalakasan mula kay Cristo. Kaya siya ay puno ng kagalakan sa anumang kalalagayan kahit sa bilangguan. Hinimok niya ang mga mambabasa na siya ay tularan gayundin ang mga katulad niya.

Ang ating hangarin ay maging katulad sa sinabi ni Pablo, “sapagkat para sa akin, ang mabuhay ay si Cristo at ang mamatay ay pakinabang” (1:21).

Balangkas ng Sulat sa Mga Taga-Filipos:

Panimula (*1:1-11*)
I. Ipinaliliwanag ni Pablo ang kaniyang kasalukuyang kalagayan (*1:12-30*).
II. Hinihikayat sila ni Pablo na sila ay mag-isip katulad ni Cristo (*2:1-11*).

III. Hinihikayat sila ni Pablo na sila ay maging matapat (*2:12-18*).
IV. Ipinaliliwanag ni Pablo ang kaniyang mga plano at mga plano ng kaniyang mga kamanggagawa (*2:19-30*).
V. Hinihikayat sila ni Pablo na sila ay sumunod kay Cristo (*3:1-21*).
VI. Binibigyan sila ni Pablo ng mga karagdagang tagubilin (*4:1-19*).
Pangwakas (*4:20-23*)

Pagbati

1 Si Pablo at si Timoteo, ang mga alipin ni Jesu-Cristo, sa
lahat ng mga banal kay Cristo Jesus na mga nasa Filipos
kasama ang mga tagapangasiwa at mga diyakono, **2** sumainyo
ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at sa
Panginoong Jesu-Cristo.

Pasasalamat at Pananalangin

3 Pinasasalamatan ko ang aking Diyos sa bawat pag-alaala
sa inyo **4** sa aking palaging pananalangin para sa inyong lahat
ng panalanging may kagalakan, **5** dahil sa inyong pakikipag-isa
para sa ebanghelyo mula pa noong unang araw hanggang sa
ngayon, **6** dahil ako ay nakatitiyak sa bagay na ito, na siya na
nagsimula ng mabuting gawa sa inyo ang siyang magtatapos
nito hanggang sa Araw ni Jesu-Cristo, **7** yamang matuwid
na ganito ang aking pag-iisip para sa inyong lahat sapagkat
kayo ay nasa aking puso. Kayong lahat ay kabahagi ko sa
biyaya, kahit sa aking pagkatanikala, sa pagtatanggol at sa
pagpapatunay na totoo ang ebanghelyo **8** sapagkat ang Diyos
ang aking saksi kung gaano ako nananabik sa inyong lahat sa
mahabaging kalooban ni Jesu-Cristo.

9 Ito ang aking ipinapanalangin, na ang inyong pag-ibig
ay lalo pang labis na sumagana sa kaalaman at sa lahat ng
pagkaunawa, **10** upang mapatunayan ninyo ang mga bagay
na pinakamabuti, upang kayo ay maging matapat at walang
kapintasan hanggang sa araw ni Cristo, **11** na napuspos kayo
ng mga bunga ng katuwiran sa pamamagitan ni Jesu-Cristo sa
kaluwalhatian at kapurihan ng Diyos.

Ang Paglaganap ng Ebanghelyo

12 Mga kapatid, ibig kong maunawaan ninyo na ang mga
bagay na nangyari sa akin ay nagdulot ng paglaganap ng
ebanghelyo. **13** Dahil dito, ang aking mga pagkatanikala
kay Cristo ay naging maliwanag sa buong Pretorio♦ at sa
lahat ng iba pang mga dako. **14** Kaya ang karamihan ng mga
kapatid sa Panginoon, na nagkaroon ng tiwala sa aking mga
pagkatanikala, ay lalong naging matapang sa pagpapahayag ng
salita nang walang takot.

1:1 Gaw 16:1; 2Co 1:1; 1Ti 3:1,8
1:2 Rom 1:7
1:3 Rom 1:8
1:4 Rom 1:10
1:5 Gaw 2:42; 16:12-40
1:6 1Co 1:8
1:7 Gaw 21:33; 2Co 7:3; 2Pe 1:13
1:8 Rom 1:9
1:9 Efe 1:17; 1Te 3:12
1:10 1Co 1:8
1:11 San 3:18
1:13 Gaw 21:33
1:14 Gaw 21:33

15 Totoo ngang ipinapangaral ng ilan ang patungkol kay
Cristo dahil sa inggit at paglalaban-laban, ngunit ang iba
naman ay dahil sa mabuting kalooban. 16 Ang ilan nga ay
ipinapahayag si Cristo dahil sa pakikipagtunggali, hindi sa
katapatan ng kalooban, sa pag-aakalang ito ay makakadagdag
ng paghihirap sa aking mga pagkatanikala. 17 Ngunit ang iba
ay nagpapahayag mula sa pag-ibig dahil alam nila na ako ay
itinalaga para sa pagtatanggol ng ebanghelyo. 18 Ano naman
ito? Kahit gayon, sa anumang paraan, kahit sa pagkukunwari
o sa katotohanan ay ipinapahayag si Cristo, at dahil dito ay
nagagalak ako at totoong magagalak.

19 Sapagkat alam ko na ang kahihinatnan nito ay ang
aking kalayaan sa pamamagitan ng inyong panalangin
at sa kaloob ng Espiritu ni Jesu-Cristo 20 ayon sa aking
mataimtim na pag-asam at pag-asa na sa anumang bagay
ay hindi ako mapapahiya. Sa halip, sa buong katapangan
kagaya ng dati at kahit sa ngayon, ay dadakilain si Cristo
sa aking katawan kahit sa pamamagitan ng buhay o sa
pamamagitan ng kamatayan, 21 sapagkat para sa akin,
ang mabuhay ay si Cristo at ang mamatay ay pakinabang.
22 Ngunit kung ako ay mabuhay sa laman, ito ay bunga ng
aking pagpapagal, gayunpaman, hindi ko nalalaman kung
ano ang aking pipiliin, 23 sapagkat ako ay napipigilan ng
dalawa, ang pagnanais na pumanaw at makasama si Cristo
na lalong higit na mabuti, 24 ngunit ang manatili sa laman
ay higit na kailangan dahil sa inyo. 25 At dahil sa katiyakang
ito, alam kong ako ay mananatili at magpapatuloy na kasama
ninyong lahat para sa inyong pagsulong at kagalakan sa
pananampalataya, 26 upang ang inyong pagmamalaki ay higit
na mag-uumapaw kay Cristo Jesus para sa akin dahil sa muli
kong pagdating sa inyo.

27 Ngunit ipamuhay ninyong karapat-dapat ang ebanghelyo
ni Cristo, upang kung ako ay makapunta riyan at makita
ko kayo o hindi, ay marinig ko ang mga bagay patungkol
sa inyo, na kayo ay naninindigan sa isang espiritu at
isang kaisipan, na kayo ay sama-samang nagpupunyagi sa
pananampalataya ng ebanghelyo. 28 At sa anuman ay hindi
kayo matatakot sa kanila na sumasalungat sa inyo, na para sa
kanila ay patunay nga ito ng kanilang kapahamakan, ngunit
para sa inyo ay kaligtasan at ito ay mula sa Diyos. 29 Sapagkat
ipinagkaloob sa inyo alang-alang kay Cristo, hindi lamang
ang sumampalataya sa kaniya kundi upang magbata rin
ng paghihirap alang-alang sa kaniya 30 sa pagkakaroon ng
gayunding pakikibaka, na nakita ninyo sa akin at ngayon ay
nababalitaan ninyo sa akin.

1:17 Gaw 21:33
1:19 Gaw 16:7; 2Co 1:11; Flm 1:22
1:20 Rom 8:19; 14:8; 1Co 6:20
1:21 Gal 2:20
1:23 Jua 12:26; 2Ti 4:6
1:27 1Co 16:13; Efe 4:1; Jud 1:3
1:29 Mat 5:11-12; Gaw 5:41
1:30 Gaw 16:19-40; 1Te 2:2; Heb 10:32

Pagtulad sa Pagpapakababa ni Cristo

2 Kaya kung mayroong kasihayan kay Cristo, kung mayroong
kaaliwan sa pag-ibig, kung mayroong pakikipag-isa sa
Espiritu, kung mayroong mga mahabaging kalooban at mga
kaawaan, **2** lubusin ninyo ang aking kagalakan upang kayo ay
maging isa sa pag-iisip na mayroong gayunding pag-ibig, isang
damdamin sa isa't isa, isang kaisipan. **3** Huwag ninyong gawin
ang anumang bagay sa pamamagitan ng pakikipagtunggali o
sa pagmamataas, sa halip ay sa kapakumbabaan ng pag-iisip,
na itinuturing na higit na mabuti ang isa't isa kaysa sa sarili.
4 Huwag tingnan ng bawat isa ang para sa kaniyang sarili
lamang kundi tingnan ng bawat isa ang para rin sa iba.

5 Ang ganitong pag-iisip ang sumainyo, na na kay Cristo
Jesus din, **6** na bagaman siya ay nasa anyong Diyos, hindi niya
itinuring na dapat angkinin ang pagiging kapantay ng Diyos.
7 Sa halip ay ibinaba ang kaniyang sarili sa pamamagitan
ng pagkuha ng anyo ng alipin sa pagiging kawangis ng tao.
8 At yamang siya ay natagpuan sa anyong katulad ng tao,
ipinakumbaba niya ang kaniyang sarili at naging masunurin
hanggang sa kamatayan, kahit sa kamatayan sa krus. **9** At dahil
dito, siya ay lubhang itinaas ng Diyos at ibinigay sa kaniya
ang pangalang nakahihigit sa lahat ng pangalan, **10** upang sa
pangalan ni Jesus ay luluhod ang bawat tuhod ng mga nasa
langit, ng mga nasa lupa at ng mga nasa ilalim ng lupa, **11** at
upang ipahayag ng bawat dila na si Jesu-Cristo ang Panginoon,
para sa kaluwalhatian ng Diyos Ama.

Magliwanag Bilang mga Ilaw

12 Kaya nga, mga minamahal ko, katulad ng palagi ninyong
pagsunod, hindi lamang kung kasama ninyo ako kundi lalo na
ngayon na hindi ninyo ako kasama, gamitin ninyong may takot
at panginginig ang inyong kaligtasan, **13** dahil ang Diyos ang
gumagawa sa inyo upang naisin at gawin ang mga bagay alang-
alang sa kaniyang mabuting kaluguran.

14 Gawin ninyo ang lahat ng mga bagay nang walang
pabulung-bulong at pagtatalo, **15** upang kayo ay maging mga
walang kapintasan at walang dungis, mga anak ng Diyos na
walang maipaparatang sa gitna ng lahing liko at lihis, upang
magliwanag kayo sa kanila bilang mga ilaw sa sanlibutan, **16** na
itinatanghal ang salita ng buhay upang may ipagmalaki ako sa
araw ni Cristo, na hindi ako tumakbo nang walang kabuluhan,
ni nagpagal nang walang kabuluhan.

17 At bagaman ako ay ibunubuhos katulad ng haing
ibinubuhos sa ibabaw ng handog at sa paglilingkod ng inyong
pananampalataya, ako ay nagagalak at nakikigalak na kasama

2:1 2Co 13:14; Col 3:12
2:2 Jua 3:29; Rom 15:5
2:3 Rom 12:10; Gal 5:26; 1Pe 5:5
2:4 1Co 10:24
2:5 Mat 11:24
2:6 Jua 1:1; 5:18
2:7 Mat 20:28; Jua 1:14; Rom 8:3; 2Co 8:9; Heb 2:17
2:8 Mat 26:39; Jua 10:18; Rom 5:19; 1Co 1:23; Heb 5:8
2:9 Gaw 2:33; Efe 1:20-21; Heb 2:9
2:10 Mat 28:18; Rom 14:11; Efe 1:10; Col 1:20
2:11 Jua 13:13
2:12 2Co 7:15
2:13 1Co 12:6; Gal 2:8; Efe 1:5; Heb 13:21
2:14 1Co 10:10; 1Pe 4:9
2:15 Mat 5:45, 48; Gaw 2:40; Efe 5:1; 1Te 3:13
2:16 1Co 1:8; 9:24; 1Te 2:19
2:17 Rom 15:16; 2Co 6:10; 12:15; 2Ti 4:6

ninyong lahat. 18Gayundin naman, magalak kayo at makigalak
kayong kasama ko.

Si Timoteo at si Epafrodito

19Ngunit umaasa ako sa Panginoong Jesus na maisugo
ko kaagad sa inyo si Timoteo upang ako rin ay maaliw
kapag nalaman ko ang inyong kalagayan, 20sapagkat wala
akong sinuman na katulad niya ang kaisipan, na tunay na
magmamalasakit sa inyong kalagayan, 21dahil ang lahat ay
naghahanap ng mga bagay para sa kanilang sarili, hindi ang
mga bagay na na kay Cristo Jesus. 22Ngunit nalalaman ninyo
ang kaniyang subok na pag-uugali, sapagkat kagaya ng anak sa
kaniyang ama, siya ay naglingkod kasama ko sa ebanghelyo.
23Kaya nga, siya ang aking inaasahang isugo sa inyo sa lalong
madaling panahon pagkatapos kong malaman ang patungkol
sa aking kalagayan, 24ngunit tiwala ako sa Panginoon na ako
mismo ay makakapariyan kaagad.

25Subalit inisip ko na kailangang suguin sa inyo si
Epafrodito, ang aking kapatid, kamanggagawa at kapwa
kawal, ngunit siya ay inyong sugo at lingkod para sa aking
pangangailangan. 26Sapagkat siya ay labis na nananabik sa
inyong lahat, bagamat labis siyang namamanglaw dahil sa
nabalitaan ninyo na siya ay nagkasakit. 27Sapagkat siya ay
totoo ngang nagkasakit na muntik niyang ikamatay subalit
kinahabagan siya ng Diyos, at hindi lamang siya kundi ako rin
upang ako ay huwag malungkot na may labis na kalungkutan.
28Kaya lalo kong pinagsikapang suguin siya upang pagkakita
ninyong muli sa kaniya ay magalak kayo at ang aking
kalungkutan ay mawala. 29Kaya tanggapin ninyo siya ng buong
kagalakan sa Panginoon at bigyan ninyo ng karangalan ang
mga katulad niya, 30sapagkat siya ay nabingit sa kamatayan
dahil sa gawain ni Cristo, na hindi isinaalang-alang ang
kaniyang buhay upang mapunan ang inyong kakulangan sa
paglilingkod sa akin.

Huwag Pagtiwalaan ang Gawa ng Tao

3 Sa katapus-tapusan, mga kapatid, magalak kayo sa
Panginoon. Ang sumulat sa inyo ng gayunding mga bagay
ay totoong hindi kabigatan para sa akin, kundi ito ay upang
mailayo kayo sa panganib.

2Mag-ingat kayo sa mga aso, mag-ingat kayo sa mga
gumagawa ng masama at mag-ingat kayo sa humihiwa ng
laman. 3Sapagkat tayo ang pagtutuli, tayo ang mga sumasamba
sa Diyos sa Espiritu at ang mga nagmamapuri kay Cristo Jesus
at ang mga hindi na nagtitiwala sa laman, 4bagaman ako rin

2:19 Gaw 16:1
2:20 1Co 16:10
2:21 1Co 10:24
2:22 1Co 4:17; 1Ti 1:2
2:25 Rom 16:3, 9; 2Co 8:23; Col 4:11; Flm 1:1-2
2:29 1Co 16:18; 1Ti 5:17
2:30 1Co 16:17
3:2 Pah 22:15
3:3 Rom 2:28-29; 15:17; Gal 6:14-15; Col 2:11
3:4 2Co 11:21

ay maaaring magkaroon ng pagtitiwala sa laman. Kung ang sinumang tao ay nag-aakala na mayroon siyang pagtitiwala sa laman, lalo na ako. 5Ako ay tinuli sa ikawalong araw, nagmula sa lahi ng Israel, sa lipi ni Benjamin, isang Hebreo♦ na mula sa mga Hebreo, patungkol sa Kautusan, isang Fariseo♦, 6patungkol sa kasigasigan, pinagmalupitan ko ang iglesiya, patungkol sa katuwiran sa Kautusan wala akong naging kapintasan.

7Subalit ang anumang mga bagay na kapakinabangan sa akin, ang mga ito ay itinuring ko nang kalugihan alang-alang kay Cristo. 8Oo, sa katunayan itinuturing kong kalugihan ang lahat ng mga bagay para sa pinakamataas na pagkakilala kay Cristo Jesus na aking Panginoon. Dahil sa kaniya, dinanas ko ang kalugihan sa lahat ng mga bagay at itinuring ko itong dumi upang makamtan ko si Cristo 9at masumpungan sa kaniya, hindi sa tinataglay kong katuwiran na mula sa Kautusan kundi sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, ang katuwiran na mula sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, 10upang makilala ko siya at ang kapangyarihan ng kaniyang muling pagkabuhay at ang pakikipag-isa sa kaniyang mga paghihirap, upang matulad ako sa kaniyang kamatayan, 11upang sa anumang paraan ay makarating ako sa muling pagkabuhay ng mga patay.

3:5 Luc 1:59; Rom 11:1; 2Co 11:22
3:6 Gaw 21:20; Rom 10:5
3:7 Mat 13:44; Luc 14:33
3:8 Jua 17:3; Efe 4:13; 2Pe 1:2
3:9 Rom 9:30; 10:5
3:10 Rom 6:3-5; 2Co 1:5
3:11 Jua 11:24; Rom 6:5; Pah 20:5-6

Magpatuloy Patungo sa Nilalayon

12Hindi dahil sa naangkin ko na, o ako ay naging ganap na, subalit ako ay nagsisikap upang maangkin ko rin yaon na kung saan ako ay inangkin din ni Cristo Jesus. 13Mga kapatid, hindi ko ibinibilang sa aking sarili na naangkin ko na, ngunit isang bagay ang ginagawa ko, nililimot ko nga ang mga bagay na nasa likuran at pinagsisikapang abutin ang mga bagay sa harapan. 14Pinagsisikapan kong abutin ang hangganan ng takbuhin para sa gantimpala ng mataas na pagkatawag ng Diyos sa akin kay Cristo Jesus.

15Kaya tayong lahat na mga ganap ay dapat mag-isip nga ng ganito, ngunit kung sa anumang bagay ay iba ang inyong iniisip, ito ay ipahahayag din ng Diyos sa inyo. 16Higit pa rito, sa anumang ating natamo, lumakad tayo sa gayunding pamantayan at sa gayunding pag-iisip.

17Mga kapatid, sama-sama kayong maging katulad ko at pagmasdan nga ninyo ang mga lumalakad ayon sa halimbawang nakikita ninyo sa amin, 18sapagkat marami ang mga lumalakad, sila ang madalas kong sinasabi sa inyo at ngayon ay muli kong sinasabi na may pagtangis, sila ang mga kaaway ng krus ni Cristo, 19ang katapusan nila ay kapahamakan, ang kanilang diyos ay ang kanilang tiyan at ang kanilang kaluwalhatian ay sa

3:12 1Co 13:10; 1Ti 6:12
3:13 Luc 9:62
3:14 Rom 8:28; 1Co 9:24; Heb 6:1
3:15 1Co 2:6; Gal 5:10; Efe 1:17; 1Te 4:9
3:17 1Co 4:16; 1Ti 4:12
3:18 Gal 6:12
3:19 Rom 16:18; Col 3:2; Jud 1:13

kanilang kahihiyan. Sila yaong ang mga iniisip ay nakatuon sa
mga bagay na panlupa. 20Subalit ang ating pagkamamamayan
ay nasa kalangitan, na mula roon ay atin ding hinihintay na
may pananabik ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesu-Cristo.
21Siya ang magbabago ng ating hamak na katawan upang
maging katulad ito ng kaniyang maluwalhating katawan, ayon
sa kakayahan niyang gumawa kahit ang pagsupil niya ng lahat
ng mga bagay para sa kaniyang sarili.

4 Kaya nga, mga kapatid kong minamahal at pinanabikan,
kayo ang aking kagalakan at putong. Mga minamahal, kayo
nga ay magpakatatag sa Panginoon.

Mga Pagtatagubilin

2Namamanhik ako kay Euodias at namamanhik ako
kay Sintique na maging isa sila ng pag-iisip sa Panginoon.
3Hinihiling ko rin sa iyo, tunay na kamanggagawa, tulungan
mo ang mga babaing kasama kong nagpunyagi para sa
ebanghelyo, kasama rin si Clemente at ng iba pang mga
kamanggagawa ko na ang mga pangalan ay nasa Aklat ng
Buhay.

4Magalak kayong palagi sa Panginoon. Muli kong sasabihin,
magalak kayo!

5Hayaan ninyong makilala ng lahat ng mga tao ang inyong
kahinahunan. Malapit ang Panginoon.

6Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay, sa halip, sa
lahat ng bagay sa pamamagitan ng panalangin at ng paghiling
na may pasasalamat ay ipagbigay-alam ninyo sa Diyos ang
inyong mga kahilingan, 7at ang kapayapaan ng Diyos na
nakahihigit sa lahat ng pang-unawa ang mag-iingat sa inyong
mga puso at mga pag-iisip sa pamamagitan ni Cristo Jesus.

8Sa katapus-tapusan mga kapatid, anumang mga bagay na
totoo, anumang mga bagay na marangal, anumang mga bagay
na matuwid, anumang mga bagay na dalisay, anumang mga
bagay na kalugud-lugod, anumang mga bagay na mabuting
ulat, kung mayroon mang pinakamabuti at kung mayroon mang
kapuri-puri, pakaisipin ninyo ang mga ito. 9Ang mga bagay
rin na inyong natutunan, natanggap, narinig at nakita sa akin,
isagawa ninyo ang mga ito at ang Diyos ng kapayapaan ay
sasainyo.

Pagpapasalamat ni Pablo

10Ngunit lubos akong nagalak sa Panginoon, na sa wakas ay
muling nanariwa ngayon ang inyong pagmamalasakit sa akin,
na bagaman mayroon kayong pagmamalasakit subalit wala

3:20 1Co 1:7; Efe 2:19; Col 3:1; Heb 12:22
3:21 Rom 8:29; Efe 1:19; Col 3:4
4:1 1Co 16:13
4:3 Luc 10:20
4:4 Rom 12:12; Heb 3:18
4:5 Heb 10:37; San 5:8-9
4:6 Efe 6:18; 1Ti 2:1; 1Pe 5:7
4:7 Jua 14:27; Efe 3:19
4:9 Rom 15:33; 1Co 4:16
4:10 2Co 11:9

kayong pagkakataong ipakita ito. 11Hindi ako nagsasalita dahil
sa pangangailangan, sapagkat natutunan ko ang kasiyahan sa
anumang kalagayan. 12Alam ko ang magpakumbaba at alam
ko ang managana sa lahat ng mga bagay at sa lahat ng dako. At
tinuruan akong mabusog at magutom, kahit ang managana at
ang mangailangan. 13Nagagawa ko ang lahat ng mga bagay sa
pamamagitan ni Cristo na nagpapalakas sa akin.

14Gayunpaman, mabuti ang inyong ginawang pakikibahagi
sa aking paghihirap. 15Ngayon, kayong mga taga-Filipos, alam
din ninyo na sa simula ng pangangaral ng ebanghelyo nang ako
ay umalis mula sa Macedonia, na walang ibang iglesiya ang
nakibahagi sa akin sa pagkakaloob at sa pagtanggap maliban
sa inyo lamang, 16sapagkat kahit sa Tesalonica ay nagpadala
kayong minsan at muli para sa aking pangangailangan. 17Hindi
dahil ako ay naghahangad ng kaloob kundi hinahangad
ko ang bunga na nananagana para sa inyong kapakanan.
18Mayroon akong lahat ng mga bagay at ako ay sumasagana.
Napunan na ang aking pangangailangan nang natanggap ko
mula kay Epafrodito ang mga bagay na inyong ipinadala.
Ito ay mahalimuyak na samyo, isang haing katanggap-
tanggap at kalugud-lugod sa Diyos. 19Ngunit ang aking
Diyos ang magpupuno sa lahat ng inyong pangangailangan
ayon sa kaniyang kayamanan sa kaluwalhatian kay Cristo
Jesus. 20Ngayon, sa ating Diyos at Ama ang kaluwalhatian
magpakailan pa man. Siya nawa.

4:11 1Ti 6:6,8; Heb 13:5
4:12 1Co 4:11; 2Co 11:9
4:13 2Co 12:9; 1Ti 1:12; 2Ti 4:17
4:15 2Co 11:8-9
4:16 Gaw 17:1; 1Te 2:9
4:17 1Co 9:11-12
4:18 2Co 2:14
4:19 Rom 2:4; 2Co 9:8
4:20 Rom 11:36; Gal 1:4; 1Te 1:3
4:21 Gal 1:2
4:22 Gaw 9:13
4:23 Rom 16:20; Gal 6:18

Panghuling Pagbati

21Batiin ninyo ang bawat banal kay Cristo Jesus. Binabati
kayo ng mga kapatid na kasama ko. 22Binabati kayo ng lahat ng
mga banal lalung-lalo na sila na nasa sambahayan ni Cesar♦.

23Ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo ay
sumainyong lahat. Siya nawa.

ANG SULAT NI APOSTOL PABLO SA MGA TAGA-COLOSAS

Sumulat: Pablo
Para Kanino: Sa mga mananampalatayang nasa Colosas
Taon: A.D. 60

Panimulang Salita sa Sulat sa Mga Taga-Colosas

Ang lungsod ng Colosas ay nasa rehiyon ng Asya Menor na halos 166 na kilometro sa silangan ng Efeso at malapit sa lungsod ng Hieropolis (4:13) at sa lungsod ng Laodicea (2:1; 4:16). Dahil ang lugar ng Colosas ay nasa daanan ng kalakalan, inaakit nito ang mga taong nagmumula sa iba't ibang panig ng daigdig.

Bagaman si Pablo ay hindi pa nakarating sa Colosas o sa Laodicea, ang Panginoon ay nagtatag ng mga iglesiya sa dalawang lungsod na ito (2:1). Marahil ang mga taga-Colosas na pumunta sa Efeso upang mangalakal ay nakarinig ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pangangaral ni Pablo (Gaw 19:10), at bumalik sa kanilang lugar upang magsimula ng iglesiya. Si Epafras (1:7-8; 4:12-13), si Timoteo (1:1), at si Arquipo (4:17) ay naglingkod doon. Binuksan ni Filemon ang kaniyang tahanan para sa mga mananampalataya na nasa Colosas upang manambahan doon.

Habang si Pablo ay nasa bilangguan (4:3, 10, 18), ibinalita sa kaniya ni Epafras ang kalagayan ng iglesiya sa Colosas (1:8). Ang mga mananampalataya ay lumalago sa kanilang espirituwal na buhay ngunit ang bulaang katuruan ay nagdudulot ng mga suliranin. Ito ang nagbibigay diin sa mga ritwal ng relihiyon (2:16), sa pagsamba sa anghel (2:18), sa lihim na kaalaman (2:18-19), at sa pagpapahirap sa katawan (2:20-23). Sa panahon ng A.D. 60, isinulat ni Pablo ang aklat na ito upang tulungan silang makita na si Cristo ang karapat-dapat na gawing pangunahin sa kanilang buhay. Pagkatapos, ipinadala niya ang sulat na ito kay Tiquico at Onesimo (4:7-9).

Ang tagubilin sa mga taga-Colosas ay katulad sa tagubilin sa mga taga-Efeso, lalo na sa ikalawang bahagi ng mga aklat. Ang mga sulat ay magkatulad din sa kanilang pagkakaayos. Ang unang bahagi ay nakatuon sa katuruan at ang huling bahagi ay nakatuon sa praktikal na pamumuhay. Ang unang dalawang kabanata ng sulat sa mga taga-Colosas ay si Cristo ang pinararangalan bilang pinakamataas sa lahat-lahat at ang huling dalawang kabanata nito ay nagpapakita kung ano ang kahulugan ng praktikal na pamumuhay ng mga mananampalataya. Bagaman ang sulat sa mga taga-Colosas ay katulad sa sulat sa mga taga-Efeso sa maraming kaparaanan, ito ay mayroon pa ring pagkakaiba. Ang sulat sa mga taga-Efeso ay nakatuon sa iglesiya bilang katawan ni Cristo ngunit ang sulat sa mga taga-Colosas ay nakatuon kay Cristo bilang ulo ng iglesiya (1:18). Sa katunayan, yamang siya ang Panginoon na muling nabuhay, siya ang pinakaulo ng lahat-lahat (1:18)!

Para sa mga mananampalataya, si Cristo ang "ating buhay" (3:4). Tinanggap natin siya para sa kaligtasan, at bilang mga mananampalataya ay lumalakad tayo ayon sa kaniyang kalooban (2:6). Dahil sa kaniya at sa kaniyang mga ginawa, si Cristo ang dapat gawing pangunahin sa ating mga buhay.

Balangkas ng Sulat sa Mga Taga-Colosas:

Panimula (*1:1-14*)
I. Si Cristo ay pinakapangunahin sa lahat-lahat (*1:15-2:23*).
II. Si Cristo ang dapat na maging pinakapangunahin sa buhay ng mga mananampalataya (*3:1-4:6*).
Pangwakas (*4:7-18*)

1 Si Pablo, ang apostol ni Jesu-Cristo sa pamamagitan ng
kalooban ng Diyos, at si kapatid na Timoteo, 2sa mga banal
at tapat na mga kapatid kay Cristo na nasa Colosas, sumainyo
ang biyaya at kapayapaang mula sa ating Diyos Ama at mula sa
Panginoong Jesu-Cristo.

Pasasalamat at Pananalangin

3Nagpapasalamat kami sa Diyos at Ama ng ating
Panginoong Jesu-Cristo sa aming palaging pananalangin
patungkol sa inyo, 4sapagkat narinig namin ang inyong
pananampalataya kay Cristo Jesus at ang inyong pag-ibig sa
lahat ng mga banal, 5dahil sa pag-asang nakalaan para sa inyo
sa kalangitan na una ninyong narinig sa salita ng katotohanan
ng ebanghelyo. 6Dumating ito sa inyo, katulad din sa pagdating
nito sa buong sanlibutan, at ito ay nagbunga, katulad din sa
inyo, mula nang araw na inyong narinig at nalaman ang biyaya
ng Diyos sa katotohanan, 7ayon din sa inyong natutunan kay
Epafras, ang minamahal naming kapwa alipin na tapat na
tagapaglingkod ni Cristo alang-alang sa inyo. 8Siya rin ang
nagpahayag sa amin ng inyong pag-ibig sa Espiritu.

9Dahil dito, mula nang araw na narinig namin ito, kami rin
ay hindi tumigil sa pananalangin para sa inyo at humihiling
na kayo ay mapuspos ng kaalaman ng kaniyang kalooban
sa lahat ng karunungan at sa espirituwal na pang-unawa,
10upang lumakad kayong karapat-dapat sa Panginoon sa lahat
ng kaluguran, na nagbubunga ng bawat gawang mabuti at
lumalago sa kaalaman ng Diyos. 11At upang kayo ay mapalakas
sa lahat ng kapangyarihan ayon sa kaniyang maluwalhating
kalakasan para sa lahat ng pagtitiis at sa pagtitiyaga na may
kagalakan, 12upang magpasalamat kayo sa Ama na siyang
gumawa sa atin para maging karapat-dapat na kabahagi ng
nakatalagang mana ng mga banal sa kaliwanagan. 13Siya
ang nagligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng kadiliman at
naglipat sa atin sa paghahari ng kaniyang mahal na Anak, 14na
sa kaniya ay mayroon tayong katubusan sa pamamagitan ng
kaniyang dugo, ang kapatawaran ng mga kasalanan.

Si Cristo ang Pangulo ng Lahat

15Siya ang wangis ng Diyos na hindi nakikita, ang panganay
sa lahat ng nilikha, 16sapagkat sa pamamagitan niya ay nilikha
ang lahat ng mga bagay sa kalangitan at sa lupa, mga bagay
na nakikita at hindi nakikita, ito man ay mga trono, o mga
pagkapanginoon, o mga pamumuno, o mga pamamahala. Ang
lahat ay nilikha sa pamamagitan niya at para sa kaniya. 17At
siya ang una sa lahat at sa pamamagitan niya ay nananatiling

1:1 1Co 1:1; 2Co 1:1
1:2 Rom 1:7
1:3 Rom 1:8
1:4 Gaw 9:13; Gal 5:6; Efe 1:15
1:5 1Te 5:8; 2Ti 2:15
1:6 Jua 15:16; Rom 10:18
1:7 Flm 1:23
1:8 Rom 15:30
1:9 Rom 1:10; Efe 1:15,17
1:10 2Co 5:9; Efe 4:15
1:11 Efe 1:2,4; Flp 4:13
1:12 Gaw 20:32; 26:18; Efe 5:20
1:13 2Pe 1:11
1:14 Rom 3:2; Efe 1:7
1:15 Jua 1:18; 14:9; Heb 11:27
1:16 Jua 1:3; Rom 11:36; Efe 1:20-21
1:17 Jua 1:2

buo ang lahat. 18Siya ang ulo ng katawan, ang iglesiya, siya
ang simula, ang panganay mula sa mga patay upang siya ang
maging kataas-taasan sa lahat.
19Sapagkat ikinalugod ng Ama na ang buong kapuspusan
ay manahan sa kaniya, 20at sa pamamagitan niya ay
maipagkasundo ang lahat sa kaniyang sarili, kahit ito man
ay sa ibabaw ng lupa o sa kalangitan, sa pamamagitan ng
paggawa ng kapayapaan sa pamamagitan ng kaniyang dugo na
nabuhos sa krus.
21At kayo ay dating mga banyaga at mga kaaway ng Diyos
dahil sa inyong pag-iisip sa pamamagitan ng masasamang
gawa, ngunit ngayon ay ipinagkasundo niya 22sa katawan
ng kaniyang laman sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan
upang kayo ay iharap na banal, walang kapintasan at walang
maipaparatang sa kaniyang paningin, 23kung kayo nga ay
nananatiling matatag at matibay sa pananampalataya at hindi
natitinag mula sa pag-asa ng ebanghelyo, na inyong narinig, na
ipinangaral sa bawat nilalang sa silong ng langit, na akong si
Pablo ay naging tagapaglingkod.

Si Pablo Para sa Iglesiya

24Ako ngayon ay nagagalak sa aking mga paghihirap
para sa inyo, at aking ginaganap sa aking katawan ang
mga hinihingi ng mga paghihirap ni Cristo para sa
kaniyang katawan, ang iglesiya. 25Dahil dito, ako ay naging
tagapaglingkod ayon sa pangangasiwa na ibinigay ng Diyos sa
akin para sa inyo upang matupad ang salita ng Diyos, 26ang
hiwagang itinago mula sa mga kapanahunan at mula sa mga
saling lahi, ngunit ngayon ay ipinahayag sa kaniyang mga
banal. 27Sa kanila ay nilayon ng Diyos na ipakilala kung ano
ang kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa mga
Gentil♦, ang Cristo na nasa inyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian.
28Siya ang aming ipinahahayag, na binibigyan ng babala ang
bawat tao at tinuturuan ang bawat tao sa lahat ng karunungan
upang maiharap naming sakdal ang bawat tao kay Cristo
Jesus. 29Dahil dito, ako rin ay nagpapagal at nagsisikap ayon
sa kaniyang paggawa na gumagawa na may kapangyarihan sa
akin.

2 Sapagkat ibig kong malaman ninyo kung gaano kalaki
ang aking pagpapakasakit para sa inyo, at sa mga taga-
Laodicea, at sa lahat ng hindi pa nakakita sa akin nang
mukhaan 2upang mapasigla ang kanilang mga puso, na
magkaisa sa pag-ibig at sa lahat ng mga kayamanan ng lubos
na katiyakan ng pang-unawa sa kaalaman ng hiwaga ng Diyos

1:18 Gaw 26:23; Rom 8:29; Heb 1:6; Pah 1:5
1:19 Jua 1:16; Efe 1:5
1:20 Rom 5:10; Efe 1:10
1:21 Rom 5:10; Efe 2:3
1:22 Rom 5:10; 7:4
1:23 Rom 11:22; 1Co 3:5; Efe 3:17
1:24 2Co 1:5; 6:10; 11:25-27
1:25 1Co 3:5; Efe 3:2; Heb 4:12
1:26 Rom 16:25
1:27 Mat 13:11; Rom 2:4; 8:10
1:28 1Co 2:6-7; Efe 5:27
1:29 1Co 15:10; 2Co 11:23; Efe 1:19
2:1 Pah 1:11
2:2 Rom 16:25; Efe 6:22

at Ama, at ni Cristo, 3na sa kaniya nakatago ang lahat ng mga
kayamanan ng karunungan at ng kaalaman.
4Sinasabi ko ito upang huwag kayong madaya ng sinuman sa
pamamagitan ng mapang-akit na salita. 5Sapagkat bagaman ako
ay wala sa inyo sa laman, gayunpaman, ako ay kasama ninyo sa
espiritu, na nagagalak at nagmamasid sa inyong kaayusan at sa
katatagan ng inyong pananampalataya kay Cristo.

Kalayaan ng Buhay kay Cristo

2:3 Rom 11:33; 1Co 1:24,30
2:4 Rom 16:18
2:5 1Co 5:4; 1Pe 5:9
2:6 Jua 13:13
2:7 Efe 3:17; 4:21
2:8 Gal 4:3; 1Ti 6:20
2:9 Jua 1:16
2:10 Mat 28:18; Efe 1:22
2:11 Rom 2:29; Gal 5:24; Flp 3:3
2:12 Mat 28:9; Rom 6:5
2:13 Efe 2:1, 5; 4:32
2:14 Efe 2:15; 1Pe 2:24
2:15 Mat 12:29; Luc 10:18; Jua 12:31; Efe 6:12
2:16 Mar 7:19; Rom 14:17; Gal 4:10
2:17 Heb 4:3; 8:5; 10:1
2:18 1Co 9:24; Flp 3:14

6Kaya kung paano ninyo tinanggap si Cristo Jesus na
Panginoon ay lumakad kayo ng gayon sa kaniya, 7na mga
nakaugat at mga nakatayo sa kaniya at mga nakatatag sa
pananampalataya ayon sa itinuro sa inyo, na nag-uumapaw sa
pasasalamat.
8Mag-ingat kayo, upang walang sinumang bumihag sa
inyo sa pamamagitan ng pilosopiya at ng walang kabuluhang
panlilinlang ayon sa kaugalian ng mga tao, ayon sa mga
pangsaligang-katuruan ng sanlibutan at hindi ayon kay
Cristo 9sapagkat nananahan sa kaniyang katawan ang buong
kapuspusan ng pagka-Diyos, 10at kayo ay ganap na sa kaniya na
siyang ulo ng lahat ng pamunuan at kapamahalaan.
11Sa kaniya kayo rin ay tinuli sa pagtutuli na hindi gawa
ng mga kamay, sa paghubad ng katawan ng mga kasalanan sa
laman, sa pamamagitan ng pagtutuli na na kay Cristo 12nang
kayo ay inilibing na kasama niya sa bawtismo, kung saan kayo
rin ay kasamang ibinangon mula sa mga patay sa pamamagitan
ng pananampalataya, sa paggawa ng Diyos na siyang bumuhay
sa kaniya mula sa mga patay. 13At kayo, na mga patay dahil
sa inyong mga pagsalangsang at sa hindi pagtutuli ng inyong
laman, ay sama-samang binuhay na kasama niya nang
ipinatawad sa inyo ang lahat ninyong mga pagsalangsang.
14Binura niya ang sulat-kamay sa mga batas na laban sa atin,
na salungat sa atin, at inalis na niya ito sa kalagitnaan sa
pamamagitan ng pagpako nito sa krus. 15Yamang kaniyang
hinubaran ng kapangyarihan ang mga pamunuan at mga
kapamahalaan, inilantad niya ang mga ito ng hayagan, sa
pamamagitan nito ay nagtagumpay siya sa kanila.
16Kaya huwag ninyong hayaang hatulan kayo ng
sinuman patungkol sa pagkain, o sa inumin, o patungkol
sa pakikibahagi sa kapistahan, o sa bagong buwan, o sa
mga araw ng Sabat♦. 17Ang mga ito ay anino ng mga bagay
na darating ngunit ang katawan ay kay Cristo. 18Huwag
ninyong hayaan na ang inyong gantimpala ay dayain ng
sinumang nagnanais ng pagpapakumbaba at ng pagsamba
sa mga anghel♦, na nanghihimasok sa mga bagay na hindi

niya nakita, na nagmamalaki ng walang kabuluhan sa
pamamagitan ng kaniyang isipang makalaman 19 at hindi
humahawak sa ulo, na sa kaniya ang buong katawan ay
lumalago sa pagpalago ng Diyos sa pamamagitan ng
itinutustos at inihuhugpong sa mga kasukasuan at mga
litid.

20 Kung kayo nga ay namatay na kasama ni Cristo
mula sa mga pangsaligang-katuruan ng sanlibutan,
bakit namumuhay pa kayo sa pamamaraan ng
sanlibutan? Saklaw ba kayo ng mga batas, 21 "Hindi
ka dapat humawak, hindi ka dapat tumikim, hindi
ka dapat humipo"? 22 Sa maling paggamit, ang lahat
ng mga ito ay patungo sa pagkabulok. Ang mga utos
at mga aral na ito ay ayon sa mga tao. 23 Ang mga
bagay na ito ay kapahayagan nga ng pagkakaroon ng
karunungan sa pagsambang itinakda ng sarili, huwad
na pagpapakumbaba at sa pagpapahirap sa katawan na
walang anumang halaga para sa kasiyahan ng laman.

Tuntunin Para sa Pamumuhay

3 Kaya kung kayo ay ibinangon na kasama ni Cristo,
hanapin ninyo ang mga bagay na nasa itaas, kung
saan si Cristo ay nakaupo sa bahaging kanan ng Diyos.
2 Ituon ninyo ang inyong pag-iisip sa mga bagay na nasa
itaas at hindi sa mga bagay na nasa lupa 3 sapagkat kayo
ay namatay na at ang buhay ninyo ay itinago na kasama
ni Cristo sa Diyos. 4 Kapag si Cristo na ating buhay ay
mahayag, gayundin naman kayo ay mahahayag na kasama
niya sa kaluwalhatian.

5 Kaya patayin ninyo ang inyong mga bahagi na
makalupa, ito ay ang pakikiapid, karumihan, pita ng
laman, masamang-nasa at kasakiman na siyang pagsamba
sa diyos-diyosan. 6 Dahil sa mga bagay na ito ay
dumarating ang poot ng Diyos sa mga anak ng pagsuway,
7 kung saan ay minsan din naman kayong lumakad nang
kayo ay namumuhay sa ganitong mga bagay.

8 Ngunit ngayon ay hubarin din ninyo ang lahat ng
mga ito: poot, labis na galit, kasamaan, paglapastangan,
malalaswang salita na mula sa inyong bibig. 9 Huwag
kayong magsinungaling sa isa't isa, yamang hinubad
na ninyo ang dating pagkatao kasama ang mga gawain
nito. 10 At isuot ninyo ang bagong pagkatao na binago
sa kaalaman ayon sa wangis niya na lumikha sa kaniya,
11 kung saan ay wala ng pagkakaiba ang Griyego at Judio,
ang pagtutuli at hindi pagtutuli, ang barbaro♦, Scita,

2:19 Efe 1:22; 4:16
2:20 Rom 6:6; Gal 4:3,9
2:22 Mat 15:9; 1Co 6:13
3:1 Mar 16:19; Rom 6:5
3:2 Flp 3:19-20
3:3 Rom 6:2; 2Co 5:14
3:4 Gal 2:20; 1Pe 1:13; 1Jn 3:2
3:5 Rom 6:2; Gal 5:24
3:7 Efe 2:2
3:8 Efe 4:22, 29,31
3:9 Rom 6:6; Efe 4:25
3:10 Rom 6:4; 12:2; 2Co 4:16; Efe 2:10; 4:23
3:11 Rom 10:12; 1Co 7:19; 12:13; Gal 3:28; Efe 1:23

alipin o malaya, sa halip ay si Cristo ang lahat at nasa lahat.

12 Kaya, bilang mga pinili ng Diyos, mga banal at minamahal, isuot ninyo ang kalooban* na mahabagin, kabutihan, kapakumbabaan, kaamuan at pagtitiis. **13** Magbatahan kayo sa isa't isa at magpatawaran kayo sa isa't isa, kapag ang sinuman ay mayroong hinaing laban sa kaninuman, kung paanong kayo ay pinatawad ni Cristo, gayundin kayo magpatawad. **14** Ngunit higit sa lahat ng mga bagay na ito, isuot ninyo ang pag-ibig na siyang bigkis ng pagiging-ganap. **15** At hayaan ninyong maghari ang kapayapaan ng Diyos sa inyong mga puso, kung saan kayo ay tinawag din sa isang katawan, kaya kayo ay maging mapagpasalamat. **16** Hayaan ninyo na ang salita ni Cristo ay manahan sa inyo nang may kasaganaan sa lahat ng karunungan, sa pagtuturo at sa pagpapaalala sa bawat isa sa mga salmo, sa mga himno at sa mga awiting espirituwal. Umawit kayong may biyaya sa inyong puso sa Panginoon. **17** At anuman ang inyong mga gagawin, sa salita o sa gawa, gawin ninyo ang lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus, na nagpapasalamat sa Diyos at Ama sa pamamagitan niya.

3:12 2Co 6:6; Gal 5:22-23; Efe 4:2; Flp 2:3
3:13 Efe 4:2,32
3:14 Rom 15:5; 1Co 13:1-13
3:15 Jua 14:27; Rom 12:5; 14:19
3:16 Rom 10:17; Efe 5:19
3:17 1Co 10:31; Efe 5:20
3:18 Efe 5:22
3:24 Mat 16:27; Gaw 20:32
3:25 Gaw 10:34

Tuntunin Para sa Sambahayang Cristiano

18 Mga asawang babae, magpasakop kayo sa inyong mga asawa sa paraang karapat-dapat sa Panginoon.

19 Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong mga asawa at huwag sumama ang inyong loob sa kanila.

20 Mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang sa lahat ng mga bagay sapagkat ito ay nakakalugod sa Panginoon.

21 Mga ama, huwag ninyong ibunsod sa galit ang inyong mga anak upang hindi sila panghinaan ng loob.

22 Mga alipin, sundin ninyo sa lahat ng mga bagay ang inyong mga panginoon ayon sa laman, hindi sa paglilingkod kung may nakatingin kagaya ng mga mapagbigay-lugod sa tao, kundi sa katapatan ng puso na may takot sa Diyos. **23** At anuman ang inyong mga gagawin, gawin ninyo nang buong puso na para sa Panginoon at hindi para sa mga tao, **24** yamang nalalaman ninyo na kayo ay tatanggap ng gantimpala ng pamana mula sa Panginoon dahil ang inyong pinaglilingkuran ay ang Cristong Panginoon. **25** Ngunit siya na gumagawa ng masama ay tatanggap ng kabayaran sa kasamaang ginawa niya sapagkat walang itinatangi ang Diyos.

* **3:12** *kalooban*: Ito ay splagchnon sa salitang Griyego na ang ibig sabihin ay bituka. Para sa mga Judio ang bituka ay siyang sentro ng damdamin ng tao katulad ng puso.

4 Mga panginoon, ibigay ninyo sa inyong mga alipin kung
ano ang makatarungan at kung ano ang nararapat, yamang
nalalaman ninyo na kayo ay mayroon ding Panginoon sa langit.

Karagdagang Tagubilin

2 Maging masigasig kayo sa pananalangin na binabantayan
ito na may pagpapasalamat. 3 Sa ganitong pagkakataon ay
ipanalangin din ninyo kami na magbukas ang Diyos ng pinto
sa amin para sa salita upang ipahayag ang hiwaga ni Cristo, ito
rin ang dahilan na ako ay ibinilanggo 4 upang maipahayag ko ito
kagaya ng nararapat kong sabihin.

5 Lumakad kayong may karunungan sa kanila na mga
nasa labas at samantalahin ninyo ang panahon. 6 Ang inyong
pananalita ay dapat palaging may biyaya, may lasang asin
upang malaman ninyo kung paano kayo nararapat sumagot sa
bawat isa.

Panghuling Pagbati

7 Si Tiquico, ang minamahal na kapatid at ang tapat na
tagapaglingkod at kapwa alipin sa Panginoon, ang magbabalita
sa inyo ng lahat ng patungkol sa akin. 8 Siya ang aking isinugo
sa inyo para sa gayunding layunin upang malaman niya ang
patungkol sa inyo at pasiglahin niya ang inyong mga puso.
9 Kasama niya si Onesimo, ang tapat at minamahal na kapatid
na nanggaling sa inyo. Ibabalita nila sa inyo ang lahat ng mga
nangyayari rito.

10 Binabati kayo ni Aristarco na kapwa ko bilanggo, at
ng pinsan ni Bernabe na si Marcos (patungkol sa kaniya ay
tumanggap kayo ng mga tagubilin, kung siya ay darating,
tanggapin ninyo siya), 11 at ni Jesus na tinatawag na Justo, na
nasa mga pagtutuli. Sila lamang ang mga kamanggagawa ko sa
paghahari ng Diyos, na naging kaaliwan sa akin.

12 Binabati kayo ni Epafras na galing sa inyo. Siya ay alipin
ni Cristo na palaging nagsisikap sa panalangin alang-alang
sa inyo upang kayo ay makapanindigang ganap at maging
puspos sa lahat ng kalooban ng Diyos. 13 Sapagkat ako ay
nagpapatotoo para sa kaniya na siya ay may kasigasigan para
sa inyo at sa kanila na mga taga-Laodicea at sa kanila na mga
taga-Hierapolis. 14 Binabati kayo ni Lucas na minamahal na
manggagamot, at ni Demas. 15 Batiin ninyo ang mga kapatid na
nasa Laodicea, gayundin si Nimfa at ang iglesiya na nagtitipon
sa kaniyang bahay.

16 At kapag ang sulat na ito ay mabasa sa inyo, ipabasa rin
ninyo ito sa iglesiya sa Laodicea, upang mabasa rin ninyo ang
sulat na galing sa Laodicea. 17 Sabihin ninyo kay Arquipo,

4:2 Luc 18:1
4:3 Gaw 14:27; 21:33; Rom 16:25
4:5 Mar 4:11; Efe 5:15-16
4:6 Mar 9:50; Efe 4:29; 1Pe 3:1
4:7 Gaw 20:4; Efe 6:21-22
4:8 Efe 6:21-22
4:9 Flm 1:10
4:10 Gaw 19:29
4:11 Flp 2:25
4:12 Rom 15:30; 1Co 2:6; Flm 1:23
4:14 2Ti 4:10; Flm 1:24
4:15 Rom 16:5
4:16 2Te 3:14; 1Ti 4:13
4:17 2Ti 4:5; Flm 1:2

“Pag-ingatan mo ang paglilingkod na tinanggap mo sa
Panginoon upang ito ay iyong magampanan.”
4:18 1Co 16:21; 1Ti 6:21; 2Ti 4:22; Tit 3:15; Heb 13:25
18 Si Pablo, sulat-kamay ko ang pagbating ito. Alalahanin
ninyo ang aking mga pagkatanikala. Ang biyaya ay sumainyo.
Siya nawa.

ANG UNANG SULAT NI APOSTOL PABLO SA MGA TAGA-TESALONICA

Sumulat: Pablo
Para Kanino: Sa iglesiyang nasa Tesalonica
Taon: A.D. 51

Panimulang Salita sa Unang Sulat sa Mga Taga-Tesalonica

Sina apostol Pablo, Silas at Timoteo ay nasa ikalawang pang-misyong paglalakbay sa lungsod ng Troas nang natanggap ni Pablo ang pangitain mula sa rehiyon ng Macedonia (Gaw 16:6-11). Sila ay tumawid kaagad sa Dagat Aegea upang mangaral sa Macedonia. Pagdating nila sa lungsod ng Filipos, sila ay nakaranas ng matinding pagmamalupit subalit nagtatag pa rin sila ng iglesiya (1Te 2:2; Gaw 16:12-40). Pagkatapos nito ay pumunta sila sa timog-silangan at dumating sa Tesalonica, ang kabisera ng Macedonia. Ito ay matatagpuan sa baybayin at sa pangunahing lansangan na nagdudugtong sa Roma at sa Silangan. Ang pangangalakal ng buong daigdig ay nasa lungsod na ito. Iniligtas ng Diyos ang ilan sa mga taga-Tesalonica at lubos na binago ng ebanghelyo ang buhay nila kung kaya ang balita patungkol sa kanilang pananampalataya ay lumaganap sa buong rehiyon at sa iba pang rehiyon (1Te 1:8; 4:10).

Gayunpaman, ang paglilingkod sa mga taga-Tesalonica ay naganap sa kalagitnaan ng matinding paghihirap (Gaw 17:1-10). Sinimulan ng mga misyonero ang kanilang paglilingkod sa mga sinagoga kung saan sila ay nangusap sa mga Judio sa tatlong magkakasunod na araw ng Sabat. Ipinakita nila kung paano inihayag sa Lumang Tipan na ang Mesiyas ay mamamatay at muling mabubuhay. Pinatunayan nila na si Jesus na taga-Nazaret ay ang katuparan ng mga pahayag na iyon. Ang ilang mga Judio ay sumampalataya subalit ang ebanghelyo ay lalo pang gumawa sa mga Gentil (1Te 2:14). Ang mga Judio na tumangging sumampalataya ang nagpasimula ng pagmamalupit laban sa mga mananampalataya. Dahil dito, ang mga misyonero ay kinailangang umalis kaagad kahit hindi nila kagustuhan (2:15-16).

Dahil kinailangang iwanan ni Pablo ang mga mananampalataya sa Tesalonica sa gayong mahirap na katatayuan, siya ay nag-alala kung ano ang kanilang kalalagayan. Kaya nang siya ay nasa lungsod ng Atenas ay kaniyang pinabalik si Timoteo upang patatagin ang kanilang pananampalataya (3:1-2). Pagkatapos maglakbay ni Pablo sa timog patungong Corinto, si Timoteo ay muling sumama sa kaniya (Gaw 18:5). Ibinalita ni Timoteo na ang mga mananampalataya ay namumuhay ng maayos sa Panginoon (1Te 3:6). Sa panahon ng A.D. 51, isinulat ni Pablo ang 1 Mga Taga-Tesalonica.

Ang sulat na ito ay may dalawang pangunahing bahagi. Ang unang tatlong kabanata ay nakatuon sa nakaraang paglilingkod ni Pablo sa mga taga-Tesalonica at sa mga aral na maaaring matutunan mula roon. Ang huling dalawang kabanata ay nagbibigay sa mga mananampalataya ng mas malawak na pagtuturo patungkol sa muling pagdating ni Cristo.

Ang Diyos ay kumilos sa puso ni Pablo upang isulat ito sa mga mananampalataya na pinagmamalupitan, at ito ang nagpapalakas ng ating loob na tayo ay magpatuloy na "mamuhay na karapat-dapat sa Diyos na siyang tumawag sa [atin] sa kaniyang sariling paghahari at kaluwalhatian" (2:12).

Balangkas ng Unang Sulat sa Mga Taga-Tesalonica:

Panimula (*1:1*)
I. Dapat alalahanin ng mga mananampalataya kung paano nila tinanggap ang ebanghelyo (*1:2-2:16*).
II. Dapat magpatuloy ang mga mananampalataya na mamuhay nang karapat-dapat sa ebanghelyo (*2:17-5:22*).
Pangwakas (*5:23-28*)

1 Si Pablo na kasama si Silvano at Timoteo, sa iglesiya
ng mga taga-Tesalonica na nasa Diyos Ama at nasa
Panginoong Jesu-Cristo, sumainyo ang biyaya at ang
kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at mula sa
Panginoong Jesu-Cristo.

Nagpapasalamat si Pablo sa Diyos

1:1 Gaw 15:22; 16:1; Rom 1:7; 2Te 1:1
1:2 Rom 1:8; Efe 5:20
1:3 Rom 8:25; 1Co 13:13; Gal 5:6; Flp 4:20; 2Te 1:11; San 2:14-26
1:4 Col 3:12; 2Te 2:13
1:5 Rom 1:6; 15:13; 2Co 2:12; 2Te 2:14
1:6 1Co 4:16; 2Co 6:10
1:7 Gaw 16:4; 18:12; 1Ti 4:12
1:8 Rom 1:8; 2Te 3:1
1:9 Mat 16:16; Gal 4:8
1:10 Rom 1:18; 1Co 1:7

2 Kami ay palaging nagpapasalamat sa Diyos patungkol
sa inyong lahat sa pagbanggit namin sa inyo sa aming mga
panalangin, **3** walang patid naming inaalala ang inyong
gawa ng pananampalataya sa harapan ng ating Diyos at
Ama, at ang inyong pagpapagal sa pag-ibig at ang inyong
pagtitiis na may pag-asa sa ating Panginoong Jesu-Cristo.
4 Mga minamahal na kapatid, alam namin ang pagkahirang
ng Diyos sa inyo **5** sapagkat ang aming ebanghelyo ay
hindi dumating sa inyo sa pamamagitan ng salita lamang
kundi sa kapangyarihan din at sa Banal na Espiritu at sa
lubos na katiyakan kung paano ninyo nalaman ang uri
ng aming pagkatao sa kalagitnaan ninyo para sa inyong
kapakanan.

6 At kayo ay naging tagatulad namin at ng Panginoon
nang tinanggap ninyo ang salita na may matinding
paghihirap at may kagalakan ng Banal na Espiritu. **7** Kung
kaya kayo ay naging huwaran sa lahat niyaong mga
sumasampalataya sa Macedonia at sa Acaya **8** sapagkat
dahil sa inyo ay umalingawngaw ang salita ng Panginoon
hindi lamang sa Macedonia at sa Acaya, ngunit kahit sa
lahat ng dako ay lumaganap ang inyong pananampalataya
sa Diyos, kung kaya hindi na namin kailangang magsalita
pa ng anuman **9** dahil sila na ang nagpapahayag patungkol
sa amin kung ano ang paraan ng aming pagpasok sa inyo,
at kung paano kayo bumaling patungo sa Diyos mula sa
mga diyos-diyosan upang maglingkod sa buhay at totoong
Diyos **10** at upang inyong hintayin ang kaniyang Anak
mula sa kalangitan na kaniyang ibinangon mula sa mga
patay. Siya ay si Jesus na nagliligtas sa atin mula sa poot
na dumarating.

Ang Paglilingkod ni Pablo sa Tesalonica

2 Mga kapatid, kayo mismo ang nakaalam ng pagpasok
namin sa inyo, na ito ay hindi naging walang kabuluhan.
2Subalit kahit kami ay unang nahirapan at inalipusta sa Filipos
katulad ng inyong nalalaman, sa pamamagitan ng aming
Diyos ay malakas ang loob namin upang ipahayag sa inyo ang
ebanghelyo na may matinding pakikipagbaka **3**sapagkat ang
aming pagsamo sa inyo ay hindi mula sa kamalian, ni mula sa
karumihan, ni sa pamamagitan ng pandaraya.

4Subalit kung paanong kami ay naging katanggap-tanggap
sa Diyos upang ipagkatiwala sa amin ang ebanghelyo, kami
ay nagsasalita sa gayong paraan na hindi nagbibigay-lugod sa
mga tao kundi sa Diyos na siyang sumusuri ng ating mga puso.
5Sapagkat kailanman ay hindi kami gumamit ng pakunwaring
papuring salita katulad ng alam ninyo, ni sa pamamagitan ng
pagpapakunwari dahil sa kasakiman, ang Diyos ang saksi.
6Hindi rin kami naghahanap ng papuri mula sa mga tao, ni sa
inyo, ni sa iba man, kahit na kami ay maaaring maging pabigat
sa inyo bilang mga apostol ni Cristo. **7**Ngunit kami ay naging
mahinahon sa inyong kalagitnaan katulad ng pag-aalaga ng ina
sa kaniyang mga anak. **8**Sa ganitong pananabik sa inyo, kami
ay nalulugod na ibahagi sa inyo hindi lamang ang ebanghelyo
ng Diyos, kundi kahit ang aming sariling buhay sapagkat
kayo ay napamahal na sa amin, **9**dahil inaalaala ninyo, mga
kapatid, ang aming pagpapagal at pagpapagod, sapagkat kahit
sa aming paggawa sa araw at gabi ay aming ipinapahayag ang
ebanghelyo ng Diyos sa inyo upang hindi kami maging pabigat
sa sinuman sa inyo.

10Kayo at ang Diyos ang mga saksi kung paano kami
namuhay na may kabanalan at may katuwiran at walang
kapintasan sa kanila na mga sumasampalataya **11**kagaya ng
inyong nalaman kung paano namin pinapalakas ang inyong
loob at inaaliw kayo at nagpapatotoo sa bawat isa sa inyo,
katulad ng isang ama sa sarili niyang mga anak, **12**upang kayo
ay mamuhay na karapat-dapat sa Diyos na siyang tumawag sa
inyo sa kaniyang sariling paghahari at kaluwalhatian.

13Dahil dito, kami rin ay patuloy na nagpapasalamat sa
Diyos sapagkat nang tinanggap ninyo ang salita ng Diyos na
inyong narinig mula sa amin, ito ay hindi ninyo tinanggap na
salita ng mga tao kundi bilang totoong salita ng Diyos na siya
ring gumagawa sa inyo na mga sumasampalataya **14**sapagkat
kayo, mga kapatid, ay tumulad sa mga iglesiya ng Diyos na
nasa Judea na na kay Cristo Jesus, dahil kayo rin ay naghirap
ng gayon ding mga bagay sa pamamagitan ng inyong sariling
kababayan kung paano rin sila naghirap sa pamamagitan ng

2:1 2Te 1:10
2:2 Gaw 4:19; 16:22-23; 17:1-9; Flp 1:30
2:3 2Co 2:17; 4:2
2:4 Rom 2:29; Gal 2:7; 1Ti 1:11; Pah 2:23
2:5 Gaw 20:33; Rom 1:9
2:6 Jua 5:41, 44; 1Co 9:1-2; 2Co 11:7-11
2:8 Rom 1:1; 2Co 12:15; 1Jn 3:16
2:9 Gaw 18:3; 2Te 3:8
2:10 Rom 1:9; 2Co 1:12
2:11 1Co 4:14; Gal 4:19; 1Ti 1:2; Flm 1:10; 1Jn 2:1
2:12 Rom 8:28; Efe 4:1
2:13 Rom 1:8; Heb 4:12
2:14 Gal 1:22; 2Te 1:4

mga Judio. 15Sila rin ang pumatay sa Panginoong Jesus at sa
kanilang sariling mga propeta, at nagpalayas sa amin at hindi
nagbibigay-lugod sa Diyos, at kalaban ng lahat ng mga tao 16at
nagbabawal sa amin na magsalita sa mga Gentil♦ upang sila
ay maligtas, nang sa gayon ay palaging mapuno ang kanilang
mga kasalanan, kaya ang poot ng Diyos ay dumating na sa
kanila hanggang sa wakas.

Ninanais Makita ni Pablo ang mga Taga-Tesalonica

17Ngunit kami, mga kapatid, na nawalay sa sandaling
panahon mula sa inyong harapan, ngunit hindi sa puso, ay
lalong higit na nagsikap upang kayo ay makita nang mukhaan
na may masidhing paghahangad. 18Kung kaya kami, kahit ako
na si Pablo, ay minsan at muling nagnais na pumunta sa inyo,
ngunit kami ay hinadlangan ni Satanas 19sapagkat sino ba ang
aming pag-asa, o kagalakan o putong ng kagalakan? At hindi
nga ba kayo sa harapan ng ating Panginoong Jesu-Cristo sa
kaniyang pagbabalik? 20Dahil kayo ang aming kaluwalhatian
at kagalakan.

2:15 Mat 5:12; Luc 24:20
2:16 Mat 23:32
2:17 1Co 5:3; Col 2:5
2:18 Mat 4:10; Rom 1:13
2:19 Mat 16:27; Luc 17:30; 1Co 1:7; 2Co 1:14; Flp 4:1; 2Te 1:8; 1Pe 1:7; 1Jn 2:28; Pah 1:7
2:20 2Co 1:11

3 Kaya nang kami ay hindi na makatiis, minabuti namin
na maiwan na lang sa Atenas. 2Ngunit isinugo namin
si Timoteo na ating kapatid at tagapaglingkod ng Diyos at
aming kamanggagawa sa ebanghelyo ni Cristo, upang kayo ay
patatagin at palakasin ang inyong loob patungkol sa inyong
pananampalataya 3nang sa gayon ay hindi matinag ang
sinuman sa pamamagitan ng mga paghihirap na ito sapagkat
kayo mismo ang nakaalam na kami ay itinalaga sa bagay na
ito. 4Dahil nang kami ay kasama ninyo, ipinapaunang-sabi
namin sa inyo na kami ay malapit nang magbata ng kahirapan
at alam din ninyo kung paano ito nangyari. 5Kung kaya, nang
ako ay hindi na rin makatiis, ako ay nagsugo upang malaman
ang inyong pananampalataya, baka sa anumang paraan
ay tinutukso kayo niyaong manunukso at maging walang
kabuluhan ang aming pagpapagal.

3:1 Gaw 17:15
3:2 Gaw 16:1; 1Co 3:9; 2Co 2:12
3:3 Mar 4:17; Jua 16:33; Gaw 9:16; Rom 5:3; 2Co 1:4; 2Ti 3:12
3:5 Mat 4:3; Gal 2:2; Flp 2:16
3:6 Gaw 16:1; 18:5
3:8 1Co 16:13

Ang Nakapagpapalakas ng Loob na Balita ni Timoteo

6Ngunit ngayon, si Timoteo ay nakabalik na sa amin mula
sa inyo at dinala niya sa amin ang mabuting balita ng inyong
pananampalataya at pag-ibig, at dahil kayo ay mayroong
mabuting alaala sa amin, na palagi kayong nananabik upang
kami ay makita kung paanong kami ay nananabik din sa
inyo. 7Dahil dito, mga kapatid, kami ay naaliw dahil sa inyo
sa lahat ng aming paghihirap at ng aming pangangailangan
sa pamamagitan ng inyong pananampalataya 8sapagkat

ngayon ay nabubuhay kami kapag kayo ay magpakatatag sa Panginoon.

9 Dahil ano ang pasasalamat na maibabalik namin sa Diyos
patungkol sa inyo sa lahat ng kagalakan na aming ikinagagalak
alang-alang sa inyo sa harapan ng ating Diyos? 10 Gabi at araw
ay nananalangin kaming lubos upang makita ang inyong mukha
at mapunan ang kakulangan ng inyong pananampalataya.

11 At ang ating Diyos at Ama mismo at ang ating Panginoong
Jesu-Cristo nawa ang papatnubay sa aming daan patungo
sa inyo 12 at ang Panginoon nawa ang magpalago at lubos na
magpasagana sa pag-ibig ninyo sa isa't isa at sa lahat ng mga
tao katulad din ng pag-ibig namin sa inyo, 13 upang kaniyang
patatagin ang inyong mga puso na walang kapintasan sa
kabanalan sa harapan ng ating Diyos at Ama sa pagbabalik ng
ating Panginoong Jesu-Cristo kasama ang lahat ng kaniyang
mga banal.

Nabubuhay Upang Magbigay-lugod sa Diyos

4 Kaya sa katapus-tapusan, mga kapatid, kami ay humihiling
at sumasamo sa inyo sa pamamagitan ng Panginoong
Jesus na kayo ay lalong higit na sasagana kung paano kayo
dapat mamuhay at magbigay-lugod sa Diyos ayon sa inyong
tinanggap mula sa amin 2 sapagkat alam ninyo kung ano ang
mga tagubiling ibinigay namin sa inyo sa pamamagitan ng
Panginoong Jesu-Cristo.

3 Dahil ito ang kalooban ng Diyos, maging ang inyong
kabanalan upang inyong maiwasan ang pakikiapid, 4 na dapat
alam ng bawat isa sa inyo kung paano niya iingatan ang
kaniyang sariling katawan para sa kabanalan at karangalan,
5 hindi sa nasa ng laman kagaya rin ng mga Gentil na
hindi kinilala ang Diyos, 6 upang walang magmalabis at
magsamantala sa kaniyang kapatid sa anumang bagay sapagkat
ang Panginoon ang tagapaghiganti patungkol sa lahat ng mga
bagay na ito katulad din ng sinabi namin sa inyo nang una pa
at aming patuloy na pinatotohanan, 7 sapagkat tayo ay hindi
tinawag ng Diyos sa karumihan kundi sa kabanalan. 8 Kung
kaya siya na tumatanggi rito ay hindi ang tao ang tinatanggihan
kundi ang Diyos na siya ring nagbigay ng kaniyang Banal na
Espiritu sa atin.

9 Ngunit patungkol sa pag-ibig sa kapatid, hindi na ninyo
kailangan na ako ay susulat sa inyo sapagkat kayo mismo ang
tinuruan ng Diyos na mag-ibigan sa isa't isa, 10 dahil ito rin
mismo ay inyong ginagawa para sa lahat ng mga kapatid na
mga nasa buong Macedonia, kaya kami ay sumasamo, mga
kapatid, na kayo ay lalong higit na sasagana, 11 at magsikap

3:10 2Ti 1:3
3:11 Flp 4:20
3:12 Flp 1:4; 2Te 1:3
3:13 Flp 2:15; 4:20; 2Te 1:7; 1Ti 6:14; 2Pe 3:14
4:1 2Co 5:9; 13:11; Efe 4:1; 2Te 3:1
4:3 1Co 6:18; Efe 5:17
4:4 1Co 7:2,9
4:5 Rom 1:26; Gal 4:8; Efe 4:17
4:6 1Co 6:8; Heb 10:30-31
4:7 1Pe 1:15
4:8 Rom 5:5; 2Co 1:22; Gal 4:6; 1Jn 3:24
4:9 Jua 6:45; 13:34; Rom 12:10
4:10 Gaw 16:9
4:11 Efe 4:28

na maging tahimik at gawin ang inyong mga gawain, at gagawa sa pamamagitan ng inyong mga kamay ayon sa aming ipinagtagubilin sa inyo **12**upang kayo ay mamuhay na may karangalan sa kanila na mga nasa labas at huwag kayong magkulang ng anuman.

Ang Panginoon ay Muling Darating

13Ngunit, mga kapatid, hindi ko ibig na kayo ay maging walang alam patungkol sa mga natutulog upang hindi kayo magdalamhati katulad din ng iba na mga walang pag-asa, **14**sapagkat kung tayo ay naniniwala na si Jesus ay namatay at muling bumangon, kahit sila na natutulog kay Jesus ay dadalhing kasama ng Diyos.

15Dahil ito ang sinasabi namin sa inyo sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na tayong mga nananatiling buhay hanggang sa pagdating ng Panginoon ay hindi kailanman mauuna sa kanila na mga natutulog, **16**sapagkat ang Panginoon mismo ay bababa mula sa langit na may sigaw na nag-uutos, na may tinig ng pinunong-anghel at may trumpeta ng Diyos, at ang mga patay kay Cristo ay unang babangon. **17**Gayundin, tayo na mga nananatiling buhay ay magkasabay na aagawin sa mga ulap na kasama nila para sa pagsalubong ng Panginoon sa hangin at sa gayong paraan ay makakasama natin ang Panginoon kailanman. **18**Kung kaya palakasin ninyo ang loob ng bawat isa sa pamamagitan ng mga salitang ito.

5 Ngunit, mga kapatid, hindi na kinakailangang sumulat ako sa inyo patungkol sa mga panahon at mga kapanahunan **2**sapagkat kayo mismo ang lubos na nakaalam na ang Araw ng Panginoon ay dumarating katulad ng pagdating ng magnanakaw sa gabi. **3**Dahil kapag sinasabi nila, "Kapayapaan at katiwasayan!" pagkatapos nito ay biglang darating sa kanila ang pagkawasak katulad ng pagkakaroon ng matinding paghihirap* sa sinapupunan, at sila ay hindi makakatakas kailanman. **4**Ngunit kayo, mga kapatid, ay wala sa kadiliman upang ang Araw na iyon ay biglang dumating sa inyo katulad ng pagdating ng magnanakaw. **5**Kayong lahat ay mga anak ng liwanag at mga anak ng araw. Tayo ay hindi mga anak ng gabi o ng kadiliman. **6**Kaya nga, huwag tayong matulog katulad ng iba, subalit tayo ay maging mapagbantay at maging maayos ang pag-iisip, **7**sapagkat sila na mga natutulog ay natutulog sa gabi at sila na mga manginginom ng alak ay naglalasing sa gabi. **8**Dahil tayo ay sa araw, dapat maging maayos ang ating

4:12 Mar 4:11
4:13 Mat 9:24; Rom 11:25; Efe 2:12
4:14 Rom 14:9; 1Co 15:3-4
4:15 1Co 1:7; 15:52
4:16 Mat 16:27; 2Te 2:1; Pah 14:13
4:17 Jua 12:26; Pah 1:7
5:1 Gaw 1:7
5:2 Luc 12:39; 1Co 1:8
5:3 2Te 1:9
5:4 Jua 2:8; Gaw 26:18
5:5 Luc 16:8
5:6 Mat 25:13; Gaw 24:25; Rom 13:11
5:7 Rom 13:13; 2Pe 2:13
5:8 Rom 8:24; Efe 6:14

* **5:3** *matinding paghihirap*: Ito ay paghihirap na tinitiis ng babaing nanganganak na lalong tumitindi ang pagsakit at nagiging madalas kapag siya ay manganganak na.

pag-iisip habang nakasuot sa atin ang pandibdib na baluti ng
pananampalataya at ang pag-ibig at ang helmet ng pag-asa ng
kaligtasan, 9sapagkat tayo ay hindi itinalaga ng Diyos para sa
poot kundi para magtamo ng kaligtasan sa pamamagitan ng
ating Panginoong Jesu-Cristo 10na siyang namatay para sa atin
upang tayo rin ay mabuhay na kasama niya, kahit tayo man ay
gising o tayo man ay tulog.
11Dahil dito, palakasin ninyo ang loob ng bawat isa at
patatagin ninyo ang isa't isa katulad din ng inyong ginagawa.

Panghuling mga Tagubilin

12Ngunit kami ay humihiling sa inyo, mga kapatid, na
inyong kilalanin yaong mga nagpapagal sa inyo at nangunguna
sa inyo sa Panginoon at nagbibigay ng babala sa inyo, 13at sila
ay labis ninyong pahalagahan sa pag-ibig dahil sa kanilang
gawa, at magkaroon kayo ng kapayapaan sa kalagitnaan ninyo.
14Ngunit kami ay sumasamo sa inyo, mga kapatid, bigyan
ninyo ng babala ang mga suwail, palakasin ninyo ang loob
ng mga nanglulupaypay, tulungan ninyo ang mahihina at
magtiyaga kayo sa lahat. 15Ingatan ninyo na walang sinumang
gaganti ng masama sa masama, sa halip ay palagi ninyong
pagsikapan ang mabuti para sa isa't isa at para sa lahat.
16Magalak kayong palagi. 17Manalangin kayong walang
patid. 18Magpasalamat kayo sa lahat ng bagay sapagkat ito ang
kalooban ng Diyos kay Cristo Jesus para sa inyo.
19Huwag ninyong patayin ang ningas ng Espiritu. 20Huwag
ninyong hamakin ang mga paghahayag. 21Suriin ninyo ang
lahat ng mga bagay. Hawakan ninyo ang mabuti. 22Layuan
ninyo ang lahat ng anyo ng kasamaan.
23Ngayon, ang Diyos mismo ng kapayapaan ang ganap
na magpaging-banal nawa sa inyo, at ang inyong espiritu at
kaluluwa at katawan ay maingatan nawang buo na walang
kapintasan sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo.
24Siya na tumatawag sa inyo ay matapat at siya rin ang gagawa
nito.
25Mga kapatid, ipanalangin ninyo kami.
26Batiin ninyo ang lahat ng mga kapatid sa pamamagitan ng
banal na halik.
27Iniuutos ko sa inyo sa pamamagitan ng Panginoon na
basahin ang sulat na ito sa lahat ng banal na mga kapatid.
28Ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo ay sumainyo.
Siya nawa.

5:9 2Te 2:13-14
5:10 2Co 5:15
5:11 Efe 4:29
5:12 Rom 16:6, 12; Heb 13:17
5:13 Mar 9:50
5:14 1Co 8:7; 2Te 3:6-7
5:15 Rom 12:17; 1Pe 3:9
5:16 Flp 4:4
5:17 Luc 18:1
5:18 Efe 5:20
5:19 Efe 4:30
5:21 1Jn 4:1
5:23 Heb 4:12
5:24 1Co 1:9
5:25 2Te 3:1; Heb 13:18
5:26 Rom 16:16
5:27 2Te 3:14; 1Ti 4:13
5:28 Rom 16:20

ANG IKALAWANG SULAT NI APOSTOL PABLO SA MGA TAGA-TESALONICA

Sumulat: Pablo
Para Kanino: Sa mga mananampalatayang nasa Tesalonica
Taon: A.D. 51

Panimulang Salita sa Ikalawang Sulat sa Mga Taga-Tesalonica

Ang mga mananampalataya sa Tesalonica ay nagpatuloy na lumago sa pananampalataya at pag-ibig dahil sa kapangyarihan ng ebanghelyo sa kanilang buhay (1:3; 1Te 1:3, 8; 3:6-7; 4:9-10) kahit sa kalagitnaan ng pagmamalupit at matinding paghihirap (2Te 1:4; 1Te 1:6; 2:14; 3:3-4, 7). Ngunit ang ilang mga pagbabago sa iglesiya ang dahilan kaya sumulat si Pablo sa kanila ng pangalawang sulat. Marahil isinulat niya ito ilang buwan pagkatapos ng unang sulat noong A.D. 51 nang siya ay nasa lungsod ng Corinto sa kaniyang ikalawang pang-misyong paglalakbay.

Ang sulat na ito ay nakabatay sa mga itinuro niya sa mga mananampalataya nang siya ay kasama nila (2Te 2:15; 3:6) at sa isinulat niya sa kanila sa 1 Tesalonica (tingnan ang Panimulang Salita sa Sulat sa Unang Mga Taga-Tesalonica). Ngunit upang sila ay manatiling matatag hanggang sa muling pagdating ng Panginoon, tunay na kinakailangan ng mga mananampalataya ang higit pang pagpapalakas ng loob at pangangaral.

Sa kabanatang 1 ay pinalakas niya ang kanilang loob na magpakasigasig sa gitna ng mga pagmamalupit at matitinding paghihirap sapagkat ang Panginoon ay darating muli at ililigtas sila mula sa kanilang mga kaaway. Sa kabanatang 2 ay nagbabala siya laban sa maling katuruan patungkol sa muling pagdating ng Panginoon. Tiniyak niya sa kanila na hindi pa muling dumating ang Panginoon, sapagkat marami pang tinukoy na malalaking kaganapan ang hindi pa nangyayari: matinding pagtalikod sa katotohanan, ang pagkahayag ng anticristo, at ang pagtanggal sa pumipigil sa kasalanan. Sa kabanatang 3 ay tinukoy niya ang mga suliranin ng suwail na mga mananampalataya sa iglesiya. Bahagyang tinalakay ni Pablo ang usaping ito sa 1 Tesalonica (1Te 4:11-12), subalit marahil winalang-bahala ng ilang mananampalataya ang pagsamo ni Pablo. Marahil ang mga mananampalatayang ito ay huminto sa paggawa dahil inakala nila na ang muling pagdating ni Cristo ay napakalapit na.

Ang pangalawang sulat na ito para sa mga mananampalataya sa Tesalonica ay upang palakasin ang loob ng mga naguguluhang mananampalataya sa lahat ng kapanahunan. At upang kanilang malaman na ninanais ng Panginoon na siya ang "papatnubay sa [kanilang] mga puso patungo sa pag-ibig ng Diyos at sa pagtitiis para kay Cristo" (3:5).

Balangkas ng Ikalawang Sulat sa Mga Taga-Tesalonica:

Panimula (*1:1-4*)
I. Magsumigasig sa kalagitnaan ng pagmamalupit at matinding paghihirap (*1:5-10*).
II. Mag-ingat sa maling mga turo patungkol sa muling pagdating ng Panginoon (kabanatang 2).
III. Sundin ang huling mga pagsamo (*3:6-15*).
  a. Tungkol sa panalangin (*3:1-5*)
  b. Tungkol sa hindi maayos na pamumuhay (*3:6-15*)
Pangwakas (*3:6-18*)

1 Si Pablo at si Silvano at si Timoteo, sa iglesiya ng mga taga-
Tesalonica na nasa Diyos na ating Ama at Panginoong Jesu-
Cristo, **2** sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos na
ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo.

Ipinapanalangin ni Pablo ang mga Taga-Tesalonica

3 Mga kapatid, kami ay dapat palaging magpasalamat sa
Diyos dahil sa inyo yamang ito ay nararapat sapagkat ang
inyong pananampalataya ay lubos na lumalago at ang pag-ibig
ng bawat isa sa inyong lahat para sa isa't isa ay sumasagana.
4 Kung kaya kami sa aming sarili ay ipinagmamalaki namin
kayo sa mga iglesiya ng Diyos dahil sa inyong pagtitiis at
pananampalataya sa kabila ng lahat ng mga pagmamalupit sa
inyo at mga paghihirap na inyong tinitiis. **5** Ito ang katibayan
ng makatarungang paghatol ng Diyos upang kayo ay ibilang
na karapat-dapat sa paghahari ng Diyos, kaya dahil dito ay
nagtitiis din kayo **6** yamang makatarungan para sa Diyos na
gantihan ng paghihirap yaong mga nagpapahihirap sa inyo. **7** At
sa inyo na mga pinapahirapan ay bibigyan ng kapahingahan
kasama namin sa kapahayagan ng Panginoong Jesus mula sa
langit na kasama ng kaniyang mga makapangyarihang anghel♦.
8 Sa kanilang hindi na kumilala sa Diyos at sa kanila na hindi
sumusunod sa ebanghelyo ng ating Panginoong Jesu-Cristo ay
ibinibigay sa paghihiganti sa pamamagitan ng lagablab ng apoy.
9 Sila ay parurusahan sa walang hanggang kapahamakan mula
sa harapan ng Panginoon at mula sa kaluwalhatian ng kaniyang
kalakasan **10** kapag siya ay makarating sa Araw na iyon, upang
luwalhatiin ng kaniyang mga banal at kamanghaan ng lahat
niyaong mga sumasampalataya sapagkat ang patotoo♦ namin sa
inyo ay inyong pinaniwalaan.

11 Dahil dito, kami rin ay palaging nananalangin para sa
inyo upang kayo ay maibilang na karapat-dapat sa pagkatawag
ng ating Diyos at maganap ang bawat mabuting kaluguran sa
kaniyang kabutihan at ang gawa ng pananampalataya na may
kapangyarihan, **12** upang ang pangalan ng ating Panginoong
Jesu-Cristo ay maluwalhati sa inyo at kayo sa kaniya ayon sa
biyaya ng ating Diyos at ng Panginoong Jesu-Cristo.

Ang Tao na Walang Pagkilala sa Kautusan

2 Ngayon, mga kapatid, dahil sa pagdating ng ating
Panginoong Jesu-Cristo at sa ating pagkakatipon sa kaniya,
kami ay nakikiusap sa inyo **2** na huwag kayong madaling
matinag sa pag-iisip, o maguluhan sa pamamagitan ng espiritu,
ni sa pamamagitan ng salita, ni sa pamamagitan ng sulat
na para bang nanggaling sa amin, na para bang ang araw ni

1:1 1Te 1:1
1:2 Rom 1:7
1:3 Rom 1:8; Efe 5:20; 1Te 3:12
1:4 2Co 7:14; 1Te 1:3,6
1:5 Luc 20:35; Flp 1:28
1:6 Luc 18:7-8; Col 3:25; Pah 6:10
1:7 Heb 10:27; 2Pe 3:7; Jud 1:14; Pah 1:14
1:8 Rom 2:8; 2Co 2:12; Gal 4:8
1:9 Flp 3:19; 1Te 5:3; 2Te 2:8; 2Pe 3:7
1:10 Jua 17:10; 1Co 3:13
1:11 Rom 8:28; 15:14; 1Te 1:3
1:12 Flp 2:9-11
2:1 Mar 13:27; 1Te 4:15-17
2:2 1Co 1:8; 2Ti 2:18

Cristo ay naririto na. 3Huwag kayong padaya sa sinuman sa
pamamagitan ng anumang paraan sapagkat iyon ay hindi
makakarating maliban na mangyari muna ang paglisan at
mahayag ang tao ng kasalanan, ang anak ng kapahamakan.
4Siya ang sasalungat sa Diyos at ang magtataas sa kaniyang
sarili nang higit sa lahat na tinatawag na diyos o anumang
sinasamba upang siya ay umupo bilang Diyos sa banal na dako
ng templo♦ ng Diyos na ipinapakita ang kaniyang sarili na siya
ay Diyos.

5Hindi ba ninyo naaalala na ang mga bagay na ito ay sinasabi
ko sa inyo habang ako ay kasama pa ninyo? 6At ngayon ay
alam ninyo kung sino ang pumipigil upang siya ay mahayag
sa kaniyang sariling panahon 7sapagkat ang hiwaga ng hindi
pagkilala sa kautusan ay gumagawa na. Siya lamang na
pumipigil ngayon ay pipigil hanggang sa siya ay maalis mula sa
daan. 8At pagkatapos nito, ang hindi kumikilala sa kautusan ay
ihahayag, na siyang pupuksain ng Panginoon sa pamamagitan
ng hininga ng kaniyang bibig at magpapawalang-bisa sa
kaningningan ng kaniyang pagdating, 9kahit ang kaniyang
pagdating ay ayon sa paggawa ni Satanas sa pamamagitan
ng lahat ng makapangyarihang gawa at ng mga tanda at mga
kamangha-manghang gawa ng kasinungalingan 10at sa lahat ng
pandaraya ng kalikuan sa kanila na mga napapahamak sapagkat
hindi nila tinanggap ang pag-ibig ng katotohanan upang sila ay
maligtas. 11At dahil dito, ang Diyos ay magpapadala sa kanila
ng makapangyarihang panlilinlang upang sila ay maniwala
sa kasinungalingan, 12nang sa gayon ay mahatulan ang lahat
niyaong mga hindi naniwala sa katotohanan kundi nalugod sa
kalikuan.

2:3 Mat 24:10; Mar 13:5; Pah 13:5-6
2:4 1Co 8:5
2:5 1Te 3:4
2:8 Luc 17:30; Pah 2:16
2:9 Mat 4:10; 24:24; Jua 4:48; Pah 13:13
2:10 1Co 1:18
2:11 Mat 24:5; Mar 13:5; Rom 1:25,28
2:12 Rom 1:32
2:13 Rom 1:8; Efe 1:4; 1Te 5:9; 1Pe 1:2
2:14 Rom 8:28; 1Te 1:5
2:15 1Co 16:13
2:16 Jua 3:16; Flp 4:20
2:17 1Te 3:2; 2Te 3:3

Magpakatatag Kayo

13Ngunit kami, mga kapatid na minamahal ng Panginoon,
ay dapat palaging nagpapasalamat sa Diyos dahil sa inyo
sapagkat kayo ay pinili ng Diyos mula sa simula para sa
kaligtasan sa pamamagitan ng pagpapaging-banal ng Espiritu
at paniniwala sa katotohanan, 14kung saan ay tinawag niya kayo
sa pamamagitan ng aming ebanghelyo upang inyong matamo
ang kaluwalhatian ng ating Panginoong Jesu-Cristo. 15Kaya
nga, mga kapatid, magpakatatag kayo at panghawakan ninyo
ang mga katuruan na itinuro sa inyo, sa pamamagitan man ng
salita o sa pamamagitan man ng aming sulat.

16Ngayon, ang ating Panginoong Jesu-Cristo mismo at ang
ating Diyos at Ama, na siyang nagmahal sa atin at nagbigay
sa atin ng walang hanggang kaaliwan at mabuting pag-asa sa
pamamagitan ng biyaya, 17ang magbigay nawa ng kaaliwan

sa inyong mga puso at magpatatag nawa sa inyo sa lahat ng mabuting salita at gawa.

Humiling si Pablo ng Panalangin

3 Sa katapus-tapusan, mga kapatid, ipanalangin ninyo
kami upang ang salita ng Panginoon ay mabilis na
maipalaganap at maluwalhati kung paano rin ito niluwalhati
sa inyo, **2**at upang kami ay mailigtas mula sa mga taong liko
at masama sapagkat hindi lahat ng mga tao ay mayroong
pananampalataya.

3Ngunit matapat ang Panginoon na siyang magpapatatag
sa inyo at mag-iingat sa inyo mula sa masama. **4**At kami ay
nagtiwala sa Panginoon patungkol sa inyo na ang aming iniutos
sa inyo ay ginagawa naman ninyo at gagawin din ninyo.

5At ang Panginoon nawa ang magpatnubay sa inyong mga
puso patungo sa pag-ibig ng Diyos at sa pagtitiis para kay
Cristo.

Babala Patungkol sa Katamaran

6Ngayon, mga kapatid, iniuutos namin sa inyo sa pangalan
ng ating Panginoong Jesu-Cristo na kayo ay humiwalay sa
bawat kapatid na namumuhay nang wala sa kaayusan at hindi
ayon sa katuruan na tinanggap niya mula sa amin, **7**sapagkat
kayo mismo ang nakaalam kung paano ninyo kami dapat
tularan dahil hindi kami namuhay nang wala sa kaayusan
sa kalagitnaan ninyo. **8**Hindi rin kami kumain ng tinapay ng
sinuman na walang bayad, kundi sa pagpapagal at pagpapagod
sa gabi at sa araw ay gumagawa kami upang hindi kami
maging pasanin sa sinuman sa inyo, **9**hindi dahil sa kami ay
walang karapatan, kundi upang maibigay naming huwaran ang
aming sarili sa inyo nang sa gayon ay tularan ninyo kami.

10Dahil kahit nang kasama ninyo kami ay iniutos namin sa
inyo na kung ang sinuman ay hindi nagnanais na magtrabaho,
huwag din siyang kumain **11**sapagkat ibinalita sa amin na
ang ilan sa inyo ay namumuhay nang wala sa kaayusan, na
hindi man lang gumagawa, sa halip ay mga mapanghimasok.
12Ngunit sa mga katulad nila ay aming iniuutos at isinasamo
sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo na sila ay
gumawa nang tahimik upang sila ay makakain ng sarili nilang
pagkain.

13Subalit kayo, mga kapatid, huwag manghina ang inyong
loob sa paggawa ng mabuti. **14**At kung ang sinuman ay hindi
sumusunod sa aming salita sa pamamagitan ng sulat na ito,
tandaan ninyo ang taong iyon at huwag kayong makihalubilo sa
kaniya upang siya ay mapahiya. **15**Gayunpaman, siya ay huwag

3:1 1Te 4:1; 5:25
3:2 Rom 15:31
3:3 Mat 5:37; 1Co 1:9
3:4 2Co 2:3
3:6 Rom 16:17; 1Co 5:4; 11:2
3:7 1Co 4:16
3:8 Gaw 18:3; Efe 4:28
3:9 1Co 9:4-14,16
3:10 1Te 3:4
3:11 1Ti 5:13
3:12 Efe 4:28; 1Te 4:1
3:13 Gal 6:9
3:14 Rom 16:17; 1Co 4:14
3:15 Gal 6:1; 1Te 5:14

ninyong ituring na kaaway, sa halip ay pagpayuhan ninyo siya bilang kapatid.

16 Ngayon, ang Panginoon mismo ng kapayapaan ang magbigay nawa sa inyo ng kapayapaan sa lahat ng panahon sa bawat paraan. Ang Panginoon ay sumainyong lahat.

17 Ako si Pablo, ito ang pagbati ko sa pamamagitan ng aking kamay na siyang lagda sa bawat sulat ko. Ganito ako nagsusulat.

18 Ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo ay sumainyong lahat. Siya nawa.

3:16 Rom 15:33
3:17 1Co 16:21
3:18 Rom 16:20

ANG UNANG SULAT NI APOSTOL PABLO KAY TIMOTEO

Sumulat: Pablo
Para Kanino: Kay Timoteo
Taon: A.D. 64-65

Panimulang Salita sa Unang Sulat Kay Timoteo

Nakilala ni Pablo si Timoteo sa kaniyang unang pang-misyong paglalakbay habang siya ay naglalakbay sa lungsod ng Listra. Ang ina ni Timoteo ay Judio at ang kaniyang ama ay Griyego. Ang kaniyang ina at lola ay mga mananampalataya na nagturo sa kaniya ng Lumang Tipan mula pa sa kaniyang pagkabata (1:5; 3:15). Si Timoteo ay naging mananampalataya dahil sa kanilang patotoo o pagkatapos niyang marinig ang pangangaral ni Pablo noong una niyang pang-misyong paglalakbay (Gaw 14:6, 21). Nang dumaan si Pablo sa Listra sa kaniyang ikalawang pang-misyong paglalakbay, napatunayan na ni Timoteo na siya ay matapat na alagad sa gawain ng Panginoon (Gaw 16:1-2). Siya ay sumama kay Pablo at tumulong sa kaniya sa mga iglesiya sa Filipos, Tesalonica, Berea at Corinto (Gaw 16:1-17:16; 18:5).

Isinulat ni Pablo ang unang sulat na ito kay Timoteo pagkatapos ng mga paglalakbay na iyon. Ang aklat ng mga Gawa ay nagtapos nang makulong si Pablo sa Roma noong A.D. 60-62. Gayunpaman, sa huli, siya ay pinakawalan din naman ng mga taga-Roma (Flp 1:23-27; 2:24; Flm 22). Pagkatapos nito, si Pablo ay bumalik sa Efeso na kasama si Timoteo at siya ay pumunta sa Macedonia, subalit iniwan niya si Timoteo sa Efeso (1Ti 1:3).

Sinulat ni Pablo ang kaniyang unang sulat kay Timoteo sa panahon ng A.D. 64-65 nang nalaman niya na hindi siya makakabalik kaagad (3:14-15; 4:13). Ang sulat na ito ay pansariling payo sa kaniyang nakababatang kamanggagawa na nangangasiwa sa iglesiya na nasa Efeso (tingnan ang Panimulang Salita sa Sulat sa Mga Taga-Efeso).

Ang sulat na ito ay may dalawang pangunahing paksa. Una, tinuturuan ni Pablo si Timoteo na siya ay kailangang maging halimbawa sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng kaniyang buhay (1:3-20; 4:6-16). Pangalawa, tinutulungan ni Pablo si Timoteo kung paano harapin ang mga pangangailangan ng iglesiya: pag-uugali sa pagsamba (kabanatang 2), mga katangian ng mga pastor at mga diyakono (kabanatang 3), maling mga katuruan (4:1-5), at mga tungkulin ni Timoteo sa iba't ibang uri ng mga tao sa iglesiya at ang kanilang mga tungkulin sa Diyos (5:1-6:19).

Ang unang sulat ni Pablo kay Timoteo ay naglalaman ng mahalagang patnubay sa buhay ng isang iglesiya. Dahil ang iglesiya ay "ang haligi at saligan ng katotohanan," napakahalaga sa isang iglesiya na sumunod sa salita ng Diyos sa lahat ng kaniyang ginagawa (3:15).

Balangkas ng Unang Sulat Kay Timoteo:

Panimula (*1:1-2*)
I. Tinuturuan ni Pablo si Timoteo na maging halimbawa sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng kaniyang buhay (*1:3-20*).
II. Tinutulungan ni Pablo si Timoteo sa pagharap sa iba't ibang pangangailangan ng isang iglesiya (*2:1-6:19*).
   a. Pag-uugali sa pagsamba (*2:1-15*)
   b. Mga katangian ng mga pastor at mga diyakono (*3:1-16*)
   c. Maling mga katuruan (*4:1-5*)

d. Pansariling pag-uugali ni Timoteo (*4:6-16*)
e. Mga tungkulin ni Timoteo sa iba't ibang uri ng tao sa iglesiya at ang kanilang mga tungkulin sa Diyos (*5:1-6:19*)
Pangwakas (*6:20-21*)

1 Si Pablo, ang apostol ni Jesu-Cristo, ayon sa utos ng
Diyos na ating Tagapagligtas at ng Panginoong Jesu-
Cristo na ang ating pag-asa, **2**kay Timoteo, na tunay kong
anak sa pananampalataya, sumaiyo ang biyaya, kahabagan at
kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at kay Cristo Jesus
na ating Panginoon.

Ang mga Huwad na Tagapagturo

3Ayon sa ipinayo ko sa iyo habang ako ay pumupunta
sa Macedonia, na mananatili ka sa Efeso upang iyong
mapagtagubilinan ang ilang kalalakihan na huwag silang
magturo ng kakaibang katuruan, **4**ni bigyang pansin ang
mga alamat at walang katapusang talaan ng mga angkan na
nagbubunga ng pagtatalo kaysa sa pagpapatatag ng Diyos sa
pamamagitan ng pananampalataya. **5**Ngunit ang kaganapan
ng tagubilin ay pag-ibig mula sa dalisay na puso at mabuting
budhi at pananampalatayang walang pagkukunwari. **6**Ang ilan
ay lumihis sa mga ito at napabaling sa mga usapang walang
kabuluhan, **7**dahil sila ay nagnanais na maging mga dalubhasa
sa kautusan kahit hindi nila nauunawaan ang kanilang mga
sinasabi, ni ang mga bagay na kanilang ipinagdidiinan.

8Subalit alam natin na mabuti ang kautusan kapag ito ay
gagamitin ng sinuman sa wastong paraan. **9**Yamang alam
ko ito, na hindi itinalaga ng Diyos ang kautusan para sa
taong matuwid kundi para sa mga taong hindi kumikilala
sa kautusan at sa mga masuwayin, sa mga hindi makadiyos
at sa mga makasalanan, sa mga walang kabanalan at mga
mapaglapastangan sa Diyos, sa mga pumapatay ng kanilang
ama at pumapatay ng kanilang ina, sa mga mamamatay-tao,
10sa mga mapakiapid, sa mga may makalaman na paggamit
sa katulad na kasarian, sa mga mang-aagaw ng tao, sa mga
sinungaling, sa mga sumasaksi sa kasinungalingan at sa kung
anong iba pang sumasalungat sa mapagkakatiwalaang katuruan
11na ayon sa maluwalhating ebanghelyo na ipinagkatiwala sa
akin ng Diyos na mapagpala.

Ang Biyaya ng Diyos kay Pablo

12At ako ay nagpapasalamat kay Cristo Jesus na ating
Panginoon na siyang nagpalakas sa akin sapagkat ako ay
ibinilang niyang matapat at ako ay itinalaga upang maglingkod,

1:1 Tit 1:3
1:2 Gaw 16:1; 1Co 4:17; 1Te 2:11
1:3 Gaw 16:9; Gal 1:4,7
1:4 2Ti 4:4; Tit 1:1
1:5 Gal 5:6; 2Ti 1:5
1:7 Efe 4:11
1:8 Rom 7:12
1:9 Gal 3:9, 19; 5:23
1:10 2Ti 1:13; Tit 1:9
1:11 Gal 2:7; 1Te 2:4; Tit 1:3
1:12 Gaw 9:15; Flp 4:13

13 na noong una ay mapaglapastangan at mapagmalupit at
mapanglait. Ngunit ako ay kaniyang kinahabagan sapagkat
ginawa ko ito sa kawalan ng kaalaman dahil sa hindi
pagsampalataya. 14 Subalit ang biyaya ng ating Panginoon ay
labis na sumagana sa akin at nagbunga ng pananampalataya at
pag-ibig para kay Cristo Jesus. 15 Ito ang mapagkakatiwalaang
pananalita at karapat-dapat na lubos na tanggapin, na si
Cristo Jesus ay pumarito sa sanlibutan upang iligtas ang mga
makasalanan, na sa kanila ay ako ang pangunahin. 16 At dahil
dito, ako ay kinahabagan niya upang sa akin na pangunahing
makasalanan ay maipakita ni Jesu-Cristo ang buong
pagtitiis nang sa gayon ay maging huwaran ito sa kanila na
sasampalataya sa kaniya patungo sa buhay na walang hanggan.
17 At ngayon, sa Haring walang hanggan, na walang pagkasira,
na hindi nakikita, na tanging matalinong Diyos, sa kaniya ang
karangalan at kaluwalhatian magpakailan pa man. Siya nawa.

18 Timoteo, anak ko, ang tagubiling ito ay inihahabilin ko sa
iyo ayon sa mga naunang paghahayag patungkol sa iyo upang
sa pamamagitan ng mga ito ay makipaglaban ka ng mabuting
pakikipaglaban 19 na pinanghahawakan ang pananampalataya
at ang mabuting budhi, na ang ilang nagtakwil ng
pananampalataya ay nawasak katulad sa pagkawasak ng barko.
20 Kabilang sa mga taong ito ay sina Himeneo at Alejandro
na mga ibinigay ko kay Satanas upang sila ay matutong hindi
maglapastangan.

Mga Tagubilin Patungkol sa Pagsamba

2 Kaya, una sa lahat ay aking isinasamo na gawin ang mga
panalanging-paghiling, ang mga panalangin, ang mga
panalanging-pamamagitan at pasasalamat para sa lahat ng
mga tao, 2 para sa mga hari at para sa kanilang lahat na mga
nasa pamamahala upang tayo ay makapamuhay ng mapayapa
at matahimik sa lahat ng gawaing pagiging makadiyos at
karangalan, 3 sapagkat ito ay mabuti at katanggap-tanggap sa
harapan ng Diyos na ating Tagapagligtas 4 na siyang nagnanais
na iligtas ang lahat ng mga tao at dalhin sa pagkakilala ng
katotohanan. 5 Dahil isa ang Diyos at isa ang Tagapamagitan
sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus 6 na siyang
nagbigay ng kaniyang sarili na pantubos para sa lahat, ang
patotoo♦ sa takdang panahon. 7 Dahil dito, ako ay itinalaga na
isang mangangaral at apostol, (ako ay nagsasabi ng katotohanan
patungkol kay Cristo at ako ay hindi nagsisinungaling) isang
guro ng mga Gentil♦ sa pananampalataya at sa katotohanan.

8 Kaya ninanais ko na ang mga lalaki ay manalangin sa
lahat ng dako na itinataas ang kanilang mga banal na kamay

1:13 Gaw 8:3; 26:9
1:14 2Co 4:15; 1Te 1:3; 2Ti 1:13
1:15 Mar 2:17; 2Ti 2:11; Tit 3:8
1:16 Mat 25:46; Jua 3:15; Rom 2:4
1:17 Rom 11:36; Col 1:15; Jud 1:25; Pah 15:3
1:18 2Ti 2:3
1:19 2Ti 2:18
1:20 1Co 5:5; 2Ti 2:17; 4:14
2:1 Efe 6:18
2:2 Rom 13:1; 2Ti 3:5
2:3 Luc 1:47
2:4 Jua 3:17; Rom 11:14; 2Ti 2:25
2:5 Rom 3:29-30; Gal 3:20
2:6 Mat 20:28; 1Co 1:6; Tit 1:3
2:7 Rom 9:1; 2Ti 1:11
2:8 Luc 24:50

na walang poot at pag-aalinlangan. 9Gayundin, ang mga babae
naman ay magsigayak sa kanilang mga sarili ng maayos na
kasuotan na may kahinhinan at maayos na pag-iisip: hindi
nang nakatirintas ang buhok, ni nang ginto, ni nang perlas, ni
nang mamahaling kasuotan, 10kundi kung ano ang nararapat
sa mga babae na nagsasabing sila ay sumasamba sa Diyos sa
pamamagitan ng mababuting gawa. 11Hayaan na ang babae ay
matuto ng pananahimik sa pagpapasakop sa lahat. 12Ngunit sa
babae ay hindi ko ipinapahintulot na magturo o pangunahan
ang lalaki kundi upang manatiling tahimik, 13sapagkat si
Adan ang unang ginawa at pagkatapos ay si Eva. 14At si Adan
ay hindi nadaya, ngunit ang babae na totoong nadaya ang
nasa pagsalangsang. 15Gayunpaman, siya ay maililigtas sa
pamamagitan ng panganganak kapag sila ay mananatili sa
pananampalataya at sa pag-ibig at sa kabanalan na may maayos
na pag-iisip.

2:9 1Pe 3:3
2:11 1Pe 3:3-4
2:12 Efe 5:22
2:13 1Co 11:8
2:14 2Co 11:3

Mga Tagapangasiwa at Mga Diyakono

3:1 Tit 1:7
3:2 Rom 12:13; 2Ti 2:24; Tit 1:6-8; 2:2
3:3 2Ti 2:24; 1Pe 5:2
3:4 Tit 1:6
3:5 1Co 10:32
3:6 2Ti 3:4; 2Pe 2:4
3:7 Mar 4:11; 2Ti 2:26
3:8 Flp 1:1; Tit 1:7
3:9 Gaw 23:1
3:11 2Ti 3:5; Tit 2:3

3 Ang pananalitang ito ay mapagkakatiwalaan: Kung
masikap na hinahangad ng sinuman ang gawain ng isang
tagapangasiwa, siya ay nagnanais ng mabuting gawain. 2Ang
tagapangasiwa nga ay dapat hindi napupulaan, lalaking may
isang asawa, maingat sa pag-iisip, maayos ang pag-iisip,
mabuting pag-uugali, bukas ang tahanan sa mga dayuhan,
handang magturo, 3hindi manginginom ng alak, hindi
palaaway, hindi gahaman sa masamang kapakinabangan,
sa halip ay mahinahon, mapayapa, hindi maibigin sa salapi,
4pinamamahalaang mabuti ang kaniyang sariling tahanan,
nagpapasakop na may karangalan ang kaniyang mga anak,
5(sapagkat kung ang sinumang lalaki ay hindi marunong
mamahala ng kaniyang sariling sambahayan, papaano niya
pangangalagaan ang iglesiya ng Diyos?), 6hindi baguhang
mananampalataya upang hindi siya magmayabang at mahulog
sa hatol na tinanggap ng diyablo♦. 7Higit pa rito, siya ay dapat
na may mabuti ring patotoo sa kanila na nasa labas upang siya
ay hindi mahulog sa pangungutya at sa bitag ng diyablo.

8Gayundin, ang mga diyakono ay dapat na marangal, hindi
madaya ang pananalita, hindi sugapa sa alak, hindi gahaman sa
masamang kapakinabangan, 9pinanghahawakan ang hiwaga ng
pananampalataya na may malinis na budhi. 10Ngunit sila rin ay
subukin muna at pagkatapos ay hayaan silang maglingkod kung
walang maipaparatang sa kanila. 11Gayundin, ang kanilang
mga asawang babae ay dapat na marangal, hindi mapanirang-
puri, maingat sa pag-iisip at matapat sa lahat ng mga bagay.
12Ang mga diyakono ay dapat na asawa ng isang babae, na

pinamamahalaan nilang mabuti ang kanilang mga anak at ang
kanilang mga sambahayan, 13sapagkat sila na naglilingkod
nang mabuti bilang diyakono ay nagtatamo para sa kanilang
sarili ng mabuting tungkulin at ng dakilang kalakasan ng loob
sa pananampalataya kay Cristo Jesus.

14Kahit na inaasahan kong makarating sa iyo kaagad, ang
mga bagay na ito ay isinusulat ko sa iyo 15upang iyong malaman
kung paano ang dapat na maging ugali mo sa tahanan ng Diyos
na siyang iglesiya ng Diyos na buhay, ang haligi at saligan ng
katotohanan, kapag ako man ay matatagalan. 16At tiyak ang
kapahayagan ng dakilang hiwaga ng pagiging makadiyos:
Ang Diyos ay nahayag sa laman, inihayag sa pamamagitan ng
Espiritu na siya ay matuwid, nakita ng mga anghel♦, ipinangaral
sa mga Gentil, sinampalatayanan sa sanlibutan at tinanggap sa
kaluwalhatian.

Mga Tagubilin kay Timoteo

4 Ngunit ang Espiritu ay maliwanag na nagsasabi na
sa huling mga panahon ay tatalikod ang ilan mula sa
pananampalataya sa pagbibigay halaga sa mga mapanlinlang
na espiritu at sa mga katuruan ng mga demonyo, 2sa
pagpapakunwari ng mga nagsasalita ng kasinungalingan sa
pamamagitan ng pagpaso ng mainit na bakal sa kanilang
budhi, 3sa pagbabawal nila ng pag-aasawa, at iniuutos nila na
umiwas sa mga pagkain* na nilikha ng Diyos upang tanggapin
na may pasasalamat para sa kanila na sumasampalataya at
nakakaalam na ng katotohanan. 4Sapagkat ang lahat ng nilikha
ng Diyos ay mabuti at walang anumang tatanggihan kung ito ay
tinatanggap ng may pasasalamat 5dahil ito ay pinapaging-banal
sa pamamagitan ng salita ng Diyos at panalangin.

6Kung ipinapaalala mo ang mga bagay na ito sa mga
kapatid na pinapakain ng mga salita ng pananampalataya at
ng mabuting katuruan na buong ingat mong sinusunod na,
ikaw ay magiging mabuting tagapaglingkod ni Jesu-Cristo.
7Ngunit tanggihan mo ang mga mapaglapastangan at mga
alamat ng matatandang babae, at sanayin mo ang iyong sarili sa
pagiging makadiyos, 8sapagkat ang pagsasanay ng katawan ay
kapaki-pakinabang sa kakaunting bagay subalit ang pagiging
makadiyos, na mayroong pangako sa buhay ngayon at sa buhay
na dumarating, ay kapaki-pakinabang sa lahat ng mga bagay.
9Ito ang mapagkakatiwalaang pananalita at karapat-dapat
na tanggapin ng lahat 10sapagkat sa dahilan ding ito, kami
ay nagpapagal at dumaranas ng pangungutya dahil kami ay

* **4:3** *pagkain*: Ito ang mga pagkain na ayon sa batas ng mga Judio ay hindi ipinapahintulot na kainin.

3:15 Mat 16:16; 1Co 10:32
3:16 Mar 1:23; 16:19; Jua 1:14; Rom 16:25; Col 1:23
4:1 Mar 13:5; Jua 16:13; 1Co 2:10; 2Ti 3:1; 2Pe 3:3
4:2 Efe 4:19
4:3 Rom 14:6; 1Co 10:30; Col 2:16; Heb 13:4
4:4 Mar 7:18-19; Gaw 10:15; Rom 14:14-18
4:5 Heb 4:12
4:6 2Ti 3:15
4:7 2Ti 2:16
4:8 Mat 6:33; Mar 10:29-30
4:10 Mat 16:16; Luc 1:47

umaasa sa Diyos na buhay na siyang tagapagligtas ng lahat ng
mga tao, lalung-lalo na sa kanila na mga sumasampalataya.
11 Iutos mo at ituro mo ang mga bagay na ito.
12 Huwag hayaang hamakin ng sinuman ang iyong kabataan,
ngunit maging huwaran ka ng mga sumampalataya: sa salita,
sa pag-uugali, sa pag-ibig, sa espiritu, sa pananampalataya
at sa kadalisayan. 13 Pahalagahan mo ang pagbabasa, ang
pagpapalakas ng loob at ang pagtuturo hanggang sa ako ay
makarating. 14 Huwag mong pabayaan ang kaloob na nasa iyo
na ibinigay ng Diyos sa iyo sa pamamagitan ng paghahayag
na may pagpatong ng mga kamay ng matatanda sa iglesiya.
15 Pagbulay-bulayan mo ang mga bagay na ito. Italaga mo ang
iyong sarili sa mga ito upang ang iyong paglago ay mahayag
sa lahat. 16 Pag-ingatan mo ang iyong sarili at ang katuruan.
Magpatuloy ka sa mga bagay na ito sapagkat sa paggawa mo
nito ay maililigtas mo ang iyong sarili at sila na mga nakikinig
sa iyo.

4:12 1Te 1:7; 2Te 3:9; 2Ti 1:7; Tit 2:7; 1Pe 5:3
4:13 Luc 4:16; Gaw 13:14-16; Col 4:16; 1Te 5:27
4:14 Gaw 6:6; 2Ti 1:6
4:16 Rom 11:14

Payo sa mga Balo, Matatanda at Tagapaglingkod

5 Huwag mong sawayin ang isang matanda, sa halip ay
magsumamo ka sa kaniya katulad sa isang ama, at sa mga
nakababatang lalaki katulad sa mga kapatid na lalaki, 2 sa
matatandang babae katulad sa mga ina at sa mga nakababatang
babae katulad sa mga kapatid na babae, ng buong kadalisayan.
3 Igalang mo ang mga babaing balo na tunay na mga balo.
4 Ngunit kung ang sinumang babaing balo ay may mga anak o
mga apo, hayaang matutunan muna nilang ipakita ang pagiging
makadiyos sa kanilang sambahayan at magbigay ng ganti sa
kanilang mga ninuno sapagkat ito ay mabuti at katanggap-
tanggap sa paningin ng Diyos. 5 Ngayon, siya na tunay na
babaing balo at nanatiling nag-iisa ay sa Diyos na umasa, at
sa gabi at araw ay nagpapatuloy sa mga pagdaing at sa mga
pananalangin sa Diyos, 6 subalit siya na nagpapakasasa habang
siya ay nabubuhay ay namatay na. 7 Ipagtagubilin mo rin
ang mga bagay na ito upang sila ay hindi mapulaan. 8 Ngunit
kung ang sinuman ay hindi naglalaan para sa kaniyang sarili
at lalo na para sa kaniyang sariling sambahayan, ipinagkaila
na niya ang pananampalataya at siya ay masahol pa sa hindi
mananampalataya.
9 Huwag mong isama sa talaan ang babaing balo na wala
pang animnapung taong gulang. Dapat na siya ay naging
asawa na ng isang lalaki, 10 siya ay nagiging patotoo sa
mabubuting gawa yamang pinalaki niya ang kaniyang mga
anak, yamang binuksan niya ang kaniyang tahanan sa mga
dayuhan, yamang hinugasan niya ang mga paa ng mga banal,

5:1 Tit 2:2
5:4 Rom 12:2; Efe 5:10; 6:1-2
5:5 Luc 2:37; Rom 1:10; 1Co 7:34; 1Pe 3:5
5:6 Luc 15:24
5:8 2Pe 2:1; Jud 1:4
5:10 Luc 7:44; Gaw 9:36; Rom 12:13; 1Pe 2:12

yamang tinulungan niya ang mga nahihirapan at yamang masikap siyang sumama sa bawat mabuting gawa.

11 Ngunit tanggihan mong itala ang mga nakababatang babaing balo sapagkat sila ay nagnanais na mag-asawa kapag sila ay magkaroon ng makalamang pagnanasa laban kay Cristo, **12** na mayroong kahatulan sapagkat itinakwil nila ang kanilang unang pananampalataya. **13** At sa pagkakataong ito ay natututo rin silang maging tamad na nagpapalipat-lipat sa mga bahay-bahay. Ngunit hindi lang sila mga tamad kundi sila rin ay mga mapagsitsit* at mga nakikialam sa buhay ng ibang tao sa pagsasabi nila ng mga bagay na hindi nararapat. **14** Kaya ninanais ko na ang mga nakababatang babaing balo ay magsipag-asawa, magsipanganak at magsialaga ng kanilang tahanan upang sila ay hindi magbigay ng pagkakataon na alipustain ng kaaway **15** sapagkat ang ilan ay bumaling na at sumunod kay Satanas. **16** Kung ang sinumang mananampalatayang lalaki o mananampalatayang babae ay may mga babaing balo, hayaan siyang tumulong sa kanila at huwag niyang hayaang mabigatan ang iglesiya upang ito ay makatulong sa tunay na mga babaing balo.

17 Hayaang ibilang na karapat-dapat tumanggap ng ibayong pagpapahalaga ang matatanda na mabuti ang pangangasiwa, lalung-lalo na ang mga nagpapagal sa salita at sa pagtuturo **18** sapagkat sinasabi ng Kasulatan♦,

"Huwag mong busalan ang baka na gumigiik,"

Deu 25:4

at

"Ang mga manggagawa ay karapat-dapat sa kaniyang sahod."

Luc 10:7

19 Huwag kang tumanggap ng paratang laban sa isang matanda maliban sa harap ng dalawa o tatlong saksi. **20** Sila na mga nagkakasala ay sawayin mo sa harapan ng lahat upang ang iba rin ay magkaroon ng takot.

21 Mataimtim kitang pinagtatagubilinan sa harapan ng Diyos at ng Panginoong Jesu-Cristo at ng mga anghel na pinili ng Diyos na mapag-ingatan mo ang mga bagay na ito na walang unang itinatanging anuman, na walang ginagawang anuman na may pagkiling. **22** Huwag mong ipatong kaagad-agad ang iyong mga kamay sa kaninuman, ni huwag kang makibahagi sa mga kasalanan ng iba. Panatilihin mong dalisay ang iyong sarili.

23 Huwag lamang tubig ang iyong inumin kundi gumamit

5:13 Rom 1:29; 2Te 3:11
5:14 1Co 7:9
5:15 Mat 4:10
5:17 Gaw 11:30; Flp 2:29; 1Te 5:12
5:18 Mat 10:10; Luc 10:7; 1Co 9:9,14
5:19 Mat 18:16; Gaw 11:30
5:20 2Ti 4:2; Tit 1:13
5:21 2Ti 4:1
5:22 Gaw 6:6; Efe 5:11

* **5:13** *mapagsitsit*: Ang walang pigil na pagdadala ng lahat ng uri ng usapin.

ka ng kaunting alak dahil sa iyong sikmura at sa iyong
madalas na pagkakasakit.
24 Ang mga kasalanan ng ilang tao ay nauuna sa kanila bago
ang paghatol, ngunit sa ilang tao, ang mga kasalanan naman
ang nakasunod sa kanila sa paghatol. 25 Gayundin naman,
ang mababuting gawa ay unang nakikita at ang mga hindi
mababuting gawa ay hindi makayang itago.

6 Hayaang ibilang ng sinumang aliping nasa ilalim ng
pamatok na karapat-dapat sa buong paggalang ang kanilang
mga amo upang ang pangalan ng Diyos at ang kaniyang
katuruan ay hindi malapastangan. 2 At sila na may mga amo na
mananampalataya ay huwag mag-isip laban sa kanila dahil sila
ay mga kapatid, sa halip ay hayaan silang maglingkod sa kanila
dahil sila ay mananampalataya at mga minamahal na mga
kabahagi ng kapakinabangan. Ituro mo at isamo mo ang mga
bagay na ito.

6:1 Efe 6:5; Tit 2:5,8
6:2 Flm 1:16
6:4 2Ti 2:14; 3:4
6:5 2Ti 3:8; Tit 1:15
6:6 Flp 4:11; Heb 13:5
6:8 Heb 13:5
6:10 San 5:19
6:11 2Ti 2:22; 3:17

Ang Pag-ibig sa Salapi

3 Kung ang sinuman ay nagtuturo ng kakaibang turo at hindi
sumasang-ayon sa mabuting mga salita ng ating Panginoong
Jesu-Cristo at sa katuruan ayon sa pagiging makadiyos, 4 siya
ay mayabang, walang nauunawaan ngunit nahuhumaling
patungkol sa pagtatalu-talo at pagtutunggali ng mga salita, na
mula sa mga ito ay nagaganap ang inggit, paglalaban-laban,
mga paglapastangan, mga masamang hinala, 5 mga pagtatalo ng
mga taong nabulok na ang mga pag-iisip at salat sa katotohanan
na nag-aakalang ang pagkakaroon ng pakinabang ay ang
pagiging makadiyos. Layuan mo ang mga taong katulad nito.
6 Ngunit ang pagiging makadiyos na may kapanatagan,
ito ay ang pagkakaroon ng malaking pakinabang 7 sapagkat
wala tayong dinalang anuman sa sanlibutan, at dahil dito
ay maliwanag na tayo ay hindi makakapagdala ng anuman
mula rito. 8 Kaya sa pagkakaroon ng mga pagkain at mga
damit ay maging sapat na sa atin ang mga ito. 9 Subalit sila
na nagnanais na maging mayaman ay nahuhulog sa tukso
at sa bitag at sa mga hangaring mangmang at mapaminsala
na siyang naglulubog sa mga tao patungo sa pagkawasak
at pagkapahamak 10 sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ang
ugat ng lahat ng mga kasamaan, na sa paghahangad nito ay
nailigaw ang ilan palayo sa pananampalataya at tinuhog nila ng
maraming pagdadalamhati ang kanilang sarili.

Ang Tagubilin ni Pablo kay Timoteo

11 Ngunit ikaw, O tao ng Diyos, takasan mo ang mga bagay

na ito at sikapin mong sundin ang katuwiran, ang pagiging
makadiyos, ang katapatan, ang pag-ibig, ang pagtitiis at ang
kaamuan. **12**Makipagbaka ka ng mabuting pakikipagbaka
ng pananampalataya, manangan ka sa buhay na walang
hanggan kung saan ay tinawag ka rin ng Diyos at inihayag
mo ang mabuting pahayag sa harapan ng maraming saksi.
13Itinatagubilin ko sa iyo, sa harapan ng Diyos na siyang
nagbibigay ng buhay sa lahat ng mga bagay at sa harapan ni
Cristo Jesus na siyang nakasaksi ng mabuting pahayag sa
harapan ni Pontio Pilato, **14**na iyong tuparin ang utos na ito nang
walang dungis at hindi napupulaan hanggang sa pagpapakita
ng ating Panginoong Jesu-Cristo **15**na siyang magpapakita sa
kaniyang sariling panahon, ang kapuri-puri at ang tanging
makapangyarihan, ang Hari ng mga hari at ang Panginoon
ng mga panginoon, **16**ang tanging walang kamatayan, na
naninirahan sa liwanag na hindi malalapitan, na siyang hindi
nakita o maaring makita ng sinumang tao. Sumasakaniya ang
karangalan at ang kapangyarihang walang hanggan. Siya nawa.

17Pagtagubilinan mo ang mayayaman sa kapanahunang
ito na huwag silang maging mapagmataas, ni umasa sa
kayamanang walang katiyakan kundi sa Diyos na buhay na
siyang masaganang nagkakaloob sa atin ng lahat ng mga bagay
upang ating matamasa, **18**na sila ay gumawa ng mabuti, na sila
ay sumagana sa mababuting gawa, na handang magbigay at
kusang-loob na nagbabahagi sa iba **19**upang maglaan sila sa
kanilang sarili ng mabuting saligan para sa hinaharap nang sa
gayon ay makapanangan sila sa buhay na walang hanggan.

20O Timoteo, ingatan mo ang ipinagkakatiwala sa iyo sa
pamamagitan ng pagtalikod mo sa mga mapaglapastangan
at walang kabuluhang mga usapan at mga pagtatalu-talo ng
tinawag na huwad na karunungan, **21**na sa pagpapahayag nito
ng ilan, sila ay nalihis sa pananampalataya.

Sumaiyo ang biyaya. Siya nawa.

6:12 Mat 25:46; 1Co 9:25; Flp 3:12; Heb 3:1
6:13 Jua 18:33-37; 2Ti 4:1
6:14 1Co 1:7; 2Ti 1:10
6:15 Tit 1:3; Pah 1:5
6:16 Jua 1:18; Rom 11:36; 1Jn 1:7
6:17 Luc 12:20; Gaw 14:17
6:18 Rom 12:8; Efe 4:28
6:19 Mat 6:20; Flp 3:12
6:20 2Ti 1:12, 14; 2:16
6:21 Col 4:18; 2Ti 2:18

ANG IKALAWANG SULAT NI APOSTOL PABLO KAY TIMOTEO

Sumulat: Pablo
Para Kanino: Kay Timoteo
Taon: A.D. 67-68

Panimulang Salita sa Ikalawang Sulat Kay Timoteo

Lumipas ang tatlo o apat na taon nang sinulat ni Pablo ang kaniyang unang sulat kay Timoteo. Sa mga panahong iyon ay maraming ginawa si Pablo. Pagkatapos ay iniwan ni Pablo si Timoteo sa lungsod ng Efeso upang pangasiwaan ang isang iglesiya roon (tingnan ang Panimulang Salita sa Unang Sulat Kay Timoteo), siya ay pumunta sa mga rehiyon ng Macedonia (1Ti 1:3), sa lungsod ng Corinto (2Ti 4:20), sa lungsod ng Creta (Tit 1:5) at sa lungsod ng Mileto (2Ti 4:20). Siya ay pumunta sa Efeso (1:18) at pumunta sa hilaga ng lungsod ng Troas (4:13). Si Pablo ay nabilanggo sa huling pagkakataon at sa panahon ding iyon ay isinisi ni Nero sa mga mananampalataya ang nangyaring sunog sa lungsod ng Roma. Ito ang nagpasimula ng matinding pagmamalupit sa mga mananampalataya na lumaganap sa Imperyo ng Roma.

Ito ang pangalawang pagkabilanggo ni Pablo sa Roma, ngunit ang kalagayan ng pangalawang pagkakataon ay higit na malubha kaysa sa una (tingnan ang Panimulang Salita sa Sulat sa Mga Taga-Efeso). Sa pangalawang pagkakataon, hinatulan siya ng mga Taga-Roma na siya ay isang salarin (1:8; 2:9). Siya ay ikinulong nila sa isang malamig, marumi at madilim na bilangguan. Karamihan ng kaniyang mga kaibigan ay hindi niya kasama (4:10-12) bagaman ang ilan ay dumalaw sa kaniya (1:16). Sa lahat ng kaniyang paghihirap, si Pablo ay tumanggap ng dakilang kaaliwan sa harapan ng Panginoon (1:12; 4:17-18) at sa kapangyarihan ng Salita ng Diyos (2:9-10). Tinapos niya nang magaling ang kaniyang paglilingkod, kaya handa na niyang makasama ang Panginoon.

Bago siya mamatay, ninais ni Pablo na sumulat ng isa pang sulat kay Timoteo. Kaya sinulat niya ang ikalawang Timoteo sa panahon ng A.D. 67-68. Marahil si Timoteo ay nangangasiwa pa sa iglesiya sa Efeso nang panahong iyon. Si Timoteo ay dumaranas ng mga panggigipit kaya kinakailangang palakasin ni Pablo ang loob ni Timoteo. Tinatalakay ng sulat na ito ang tatlong pinagmulan ng panggigipit: kahihiyan dahil sa paghihirap habang nagtatapat sa Panginoon (1:3-2:13), masamang mga hangarin ng isang tagapaglingkod na nagpapalayo sa kaniya mula sa kaniyang mga tungkulin (2:14-26), at ang pangangailangan na ipagtanggol ang ebanghelyo (3:1-4:8).

Ang mga tagapaglingkod ay higit na dumaranas ng ganitong mga panggigipit kaysa sa ibang mga mananampalataya ngunit kinakailangan din namang labanan ng mga mananampalataya ang mga panggigipit na ito. Ang kaparaanan ni Pablo para kay Timoteo ay siya ring kaparaanan para sa lahat ng mananampalataya: magpatuloy sa katotohanan (3:14).

Balangkas ng Ikalawang Sulat para Kay Timoteo:

Panimula (*1:1-2*)
I. Dapat na pagtagumpayan at hindi ikahiya ni Timoteo ang mga paghihirap habang nagtatapat sa Panginoon (*1:3-2:13*).
II. Dapat na labanan ni Timoteo ang masamang mga hangarin ng isang tagapaglingkod na nagpapalayo sa kaniya mula sa kaniyang mga tungkulin (*2:14-26*).
III. Dapat na ipagtanggol ni Timoteo ang ebanghelyo (*3:1-4:8*).
Pangwakas (*4:9-22*)

1 Si Pablo, na apostol ni Jesu-Cristo sa pamamagitan ng
kalooban ng Diyos ayon sa pangako ng buhay na na kay
Cristo Jesus, 2kay Timoteo, na aking minamahal na anak,
sumaiyo ang biyaya, ang kahabagan at ang kapayapaan mula sa
Diyos Ama at ating Panginoong Jesu-Cristo.

Ang Payo kay Timoteo na Maging Matapat

3Ako ay nagpapasalamat sa Diyos, na aking pinaglilingkuran
mula sa aking mga ninuno na may malinis na budhi, habang
ako ay nagpapatuloy sa pag-alaala sa iyo sa aking mga
pananalanging may paghiling sa gabi at araw. 4Dahil sa pag-
aalala ko ng iyong mga luha, ako ay labis na nananabik na
ikaw ay makita upang malubos ang aking kagalakan. 5Naaalala
ko ang matapat mong pananampalataya na unang nanahan sa
iyong lola na si Loida at sa iyong ina na si Eunice at ako ay
nakatitiyak na ito naman ay na sa iyo. 6Dahil dito ay ipinaaalala
ko sa iyo na pagningasin mo ang kaloob ng Diyos na nasa iyo
sa pamamagitan ng pagpatong ng aking mga kamay, 7sapagkat
ang Diyos ay hindi nagbigay sa atin ng espiritu ng pagkatakot
kundi ng espiritu ng kapangyarihan at ng pag-ibig at ng maayos
na pag-iisip.

8Kaya huwag mong ikahiya ang patotoo♦ ng ating
Panginoon, ni ang aking patotoo na kaniyang bilanggo kundi
makibahagi ka sa paghihirap dahil sa ebanghelyo ayon sa
kapangyarihan ng Diyos 9na siyang nagligtas at tumawag
sa atin sa banal na pagkatawag, hindi ayon sa ating mga
gawa kundi ayon sa kaniyang sariling layunin at biyaya na
ibinigay sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus bago ang mga
kapanahunan ng walang hanggan 10ngunit ngayon ay nahayag
sa pamamagitan ng pagpapakita ng ating Tagapagligtas na si
Jesu-Cristo, na siyang totoong nagpawalang-bisa sa kamatayan
at nagbigay ng liwanag sa buhay at ng kawalan ng kabulukan
sa pamamagitan ng ebanghelyo, 11kung saan ako ay itinalaga
na tagapangaral at apostol at guro ng mga Gentil♦. 12Dahil
din dito, ako ay dumaranas ng hirap sa mga bagay na ito,
ngunit hindi ako nahihiya sapagkat kilala ko na yaong aking
sinasampalatayanan at ako ay nakatiyak na na kaya niyang
ingatan ang inilagak ko sa kaniya hanggang sa Araw na iyon.

13Gawin mong huwaran ang wastong mga salita na iyong
narinig mula sa akin, sa pananampalataya at sa pag-ibig na
na kay Cristo Jesus. 14Ingatan mo ang mabuting bagay na
ipinagkatiwala sa iyo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na
nananahan sa atin.

15Ito ay alam mo na silang lahat na taga-Asya, kabilang
sina Figello at Hermogenes, ay tumalikod sa akin. 16Ang

1:1 1Co 1:1; 2Co 1:1; Efe 3:6
1:2 Gaw 16:1; Rom 1:7; 1Ti 1:2
1:3 Gaw 23:1; Rom 1:8,10
1:4 Gaw 20:37
1:5 Gaw 16:1; 1Ti 1:5
1:6 Gaw 6:6; 1Ti 4:14
1:7 Rom 8:15; 1Ti 4:12; Heb 2:15
1:8 Mar 8:38; Efe 3:10
1:9 Rom 11:14; Efe 2:9
1:10 1Co 15:26, 54; Efe 1:9
1:11 Gaw 9:15; 1Ti 2:7
1:12 Mar 8:38; 1Co 1:8; 1Ti 6:20
1:13 Rom 6:17; 1Te 1:3; 1Ti 1:10; Tit 1:9
1:14 Rom 8:9
1:15 Gaw 2:9
1:16 Mar 8:38; Gaw 21:33

Panginoon nawa ay mahabag sa sambahayan ni Onesiforo
sapagkat maraming ulit niya akong pinasigla at hindi niya
ikinahiya ang aking pagkatanikala. 17At nang siya ay nasa
Roma, pinagsikapan niya akong hanapin at ako ay natagpuan
niya. 18Ang Panginoon nawa ang magkaloob sa kaniya upang
masumpungan niya ang kahabagang mula sa Panginoon
sa Araw na iyon. At kung gaano karaming mga bagay ang
ipinaglingkod niya sa akin sa Efeso, ikaw ang higit na
nakakaalam.

1:18 Gaw 18:19; Heb 6:10
2:1 Efe 6:10; 1Ti 1:2
2:2 1Ti 6:12
2:3 1Ti 1:18
2:5 1Co 9:25
2:6 1Co 9:10
2:8 Mat 1:1; Gaw 2:24; Rom 2:16
2:9 Gaw 9:16; 21:33; Heb 4:12
2:10 2Co 1:6; 4:17; Col 1:24; Tit 1:1; 1Pe 5:10
2:11 Rom 6:2-11; 1Ti 1:15
2:12 Mat 10:33; Rom 8:17; 1Pe 4:13
2:13 Rom 3:3; 1Co 1:9
2:14 1Ti 1:4; 6:4; Tit 3:9

2 Kaya ikaw, anak ko, magpakatibay ka sa biyaya na na
kay Cristo Jesus. 2At ang mga bagay na iyong narinig
mula sa akin sa harapan ng maraming saksi, ang mga ito ay
ipagkatiwala mo sa mga matapat na lalaki na makakapagturo
naman sa iba. 3Kaya danasin mo ang hirap katulad ng isang
mabuting kawal ni Jesu-Cristo. 4Wala ni isang nakikipagdigma
na ginagawa niyang abala ang kaniyang sarili para sa
kabuhayan sa buhay na ito nang sa gayon ay makapagbigay-
lugod siya sa nagtala sa kaniya na maging kawal. 5Gayundin
naman, kapag ang sinuman ay makikipagpaligsahan sa
palaro, siya ay hindi pinuputungan maliban na siya ay
makikipagpaligsahan ayon sa alituntunin. 6Ang magsasakang
nagpapagal ay dapat maunang makinabang sa kaniyang mga
ani. 7Unawain mo ang aking sinasabi at bigyan ka nawa ng
Panginoon ng pang-unawa sa lahat ng mga bagay.

8Alalahanin mo si Jesu-Cristo na siyang ibinangon mula sa
mga patay ayon sa aking ebanghelyo, na nagmula sa binhi ni
David. 9Dahil dito, ako ay dumaranas ng hirap hanggang sa
pagkabilanggo katulad sa isang salarin ngunit ang salita ng
Diyos ay hindi nakagapos. 10Kaya tinitiis ko ang lahat ng mga
bagay alang-alang sa kanila na pinili upang sila rin ay magtamo
ng kaligtasan na na kay Cristo Jesus na may kaluwalhatiang
walang hanggan.

11Ito ang mapagkakatiwalaang pananalita, sapagkat
kung tayo ay namatay na kasama niya, tayo naman ay
mabubuhay na kasama niya. 12Kung tayo ay nagtitiis, tayo
naman ay maghaharing kasama niya. Kung ipagkakaila natin
siya, siya naman ang magkakaila sa atin. 13Kung tayo ay
hindi nagtatapat, siya ay nananatiling matapat. Hindi niya
maipagkakaila ang kaniyang sarili.

Ang Manggagawang Katanggap-tanggap sa Diyos

14Ipaalala mo sa kanila ang mga bagay na ito, pagbilinan mo
sila sa harapan ng Panginoon na huwag makipagtalo patungkol
sa mga salita na walang kabuluhan na ikakapahamak ng mga

nakikinig. **15**Pagsikapan mong iharap na katanggap-tanggap
sa Diyos ang iyong sarili, isang manggagawa na walang dapat
ikahiya, na hinihimay nang wasto ang salita ng katotohanan.
16Ngunit layuan mo ang mga mapaglapastangan at walang
kabuluhang usapan sapagkat ang mga ito ay lalong magdudulot
ng hindi pagiging makadiyos, **17**at ang kanilang salita ay
kakalat na parang kanggrena*. Ang kasama nila ay sina
Himeneo at Fileto **18**na patungkol sa katotohanan ay lumihis
sa pagsasabi na ang muling pagkabuhay ay naganap na at
ibinabagsak ang pananampalataya ng ilan. **19**Gayunpaman, ang
matibay na saligan ng Diyos ay nananatiling matatag na ang
tinataglay na tatak ay ito, "Kilala ng Panginoon yaong mga sa
kaniya"

Bil 16:5

at "Lumayo sa kalikuan ang bawat isang tumatawag sa
pangalan ni Cristo."

20Ngunit sa isang malaking bahay ay hindi lamang may
mga kasangkapang gawa sa ginto at pilak kundi may mga
gawa naman sa kahoy at sa putik, at ang ilan nga ay para
sa karangalan ngunit ang ilan ay hindi para sa karangalan.
21Kaya kapag ang sinuman ay lubos na maglinis ng kaniyang
sarili mula sa mga ito, siya ay magiging kasangkapan para sa
karangalan, pinaging-banal at kagamit-gamit para sa Panginoon
at nakahanda para sa bawat mabuting gawa. **22**Ngunit takasan
mo ang masasamang pagnanasa ng kabataan subalit sikapin
mong sundin ang katuwiran, ang pananampalataya, ang
pag-ibig at ang kapayapaan kasama yaong mga tumatawag
sa Panginoon mula sa malinis na puso. **23**At tanggihan mo
ang mga walang kabuluhan at mga hangal na mga pagtatalo
dahil nalaman mo na ang mga ito ay nagdudulot ng mga pag-
aaway-away. **24**At ang alipin ng Panginoon ay hindi dapat na
nakikipag-away, sa halip ay maging mahinahon sa lahat ng mga
tao, handang magturo at mapagbata sa masama, **25**tinuturuan
niya sa pamamagitan ng kaamuan yaong mga sumasalungat sa
kaniya baka ang Diyos ay maaaring magkaloob sa kanila ng
pagsisisi patungo sa pagkakilala sa katotohanan, **26**at upang sila
ay matauhan at makalabas mula sa bitag ng diyablo♦ na siyang
bumihag sa kanila upang sundin ang kaniyang kalooban.

Mga Panganib sa Huling Panahon

3 Ngunit alamin mo ito, na sa mga huling araw ay
darating ang mga mapanganib na panahon **2**sapagkat

* **2:17** *kanggrena*: Ang karamdamang may matinding pamamaga at kumakalat na mga sugat na nakakakanser na umuubos sa mga bahagi ng katawan, na maaaring ikamatay.

2:15
Efe 1:13;
Col 1:5;
San 1:18
2:16
1Ti 6:20;
Tit 3:9
2:17
1Ti 1:20
2:18
2Te 2:2;
1Ti 1:19
2:19
Jua 10:14;
1Co 1:2
2:20
Rom 9:21
2:21
2Co 9:8;
Efe 2:10
2:22
Gaw 2:21;
1Ti 1:5,14
2:24
1Ti 3:2-3
2:25
1Ti 2:4
2:26
1Ti 3:7
3:1
1Ti 4:1;
2Pe 3:3
3:2
Rom 1:30;
1Ti 3:3;
2Pe 2:10

ang mga tao ay magiging maibigin sa kanilang sarili, mga
maibigin sa salapi, mga mayabang, mga mapagmalaki, mga
mapaglapastangan, mga masuwayin sa mga magulang, mga
hindi mapagpasalamat, mga walang kabanalan, 3mga walang
likas na pag-ibig, mga hindi tumutupad sa kasunduan, mga
mapanirang-puri, mga walang pagpipigil sa sarili, mga
malupit, mga namumuhi sa mabuti, 4mga taksil, mga matigas
ang ulo, mga mapagmataas at mga maibigin sa kalayawan
sa halip na mga maibigin sa Diyos. 5Sila ay mayroong
anyo ng pagiging makadiyos ngunit ipinagkakaila nila ang
kapangyarihan nito. Tanggihan mo rin ang mga taong ito
6sapagkat nagmumula sa kanila ang mga taong pumapasok
nang hindi namamalayan sa mga bahay at binibihag ang
mga babaing hangal na maraming pinapasan na kasalanan at
inililigaw sa iba't ibang uri ng pagnanasa. 7Sila ay palaging
nag-aaral ngunit kailanman ay hindi nakaabot sa lubos na
pagkaunawa ng katotohanan. 8At sa kaparaanang sinalungat
ni Janes at ni Jambres si Moises ay sa gayunding paraan
sumasalungat ang mga taong ito sa katotohanan, mga lalaki
na ang pag-iisip ay nabulok na at mga walang karapatan sa
pananampalataya. 9Ngunit sila ay hindi na magpapatuloy pa
sapagkat ang kahangalan nila ay mahahayag sa lahat ng mga
tao kung paano rin yaong nangyari sa kanila.

3:4 1Ti 3:6
3:5 Rom 16:17; 1Ti 2:2
3:6 Jud 1:4
3:7 1Ti 2:4
3:8 Gaw 13:8; 1Ti 6:5
3:10 1Ti 4:6
3:11 Gaw 13:14; Rom 15:31; 2Co 11:23-27
3:12 Jua 15:20; Gaw 14:22
3:13 Mar 13:5
3:15 Jua 5:39
3:16 Rom 4:23-24; 2Pe 1:20-21
3:17 1Ti 6:11

Ang Bilin ni Pablo kay Timoteo

10Subalit buong ingat kang sumunod sa aking pagtuturo, sa
pamumuhay, sa layunin, sa pananampalataya, sa pagtitiyaga,
sa pag-ibig, sa pagtitiis, 11sa mga pagmamalupit at sa mga
paghihirap na naranasan ko sa Antioquia, sa Iconio at sa
Listra. Ang ganitong mga pagmamalupit ay aking binata
ngunit mula sa lahat ng mga ito ay iniligtas ako ng Panginoon.
12Kaya ang lahat din na nagnanais mamuhay nang makadiyos
para kay Cristo Jesus ay pagmamalupitan. 13Ngunit ang mga
taong masama at mga mapanlinlang ay lalo pang pasama nang
pasama, sila ay nandaraya at nadadaya. 14Ngunit manatili ka
sa mga bagay na natutunan mo na at natiyak mo na, yamang
alam mo kung kanino mo ito natutunan, 15at yamang mula
nang ikaw ay bata pa ay alam mo na ang Banal na Kasulatan♦
ay nakakapagbigay ng karunungan sa iyo patungo sa
kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo
Jesus.

16Ang lahat ng Kasulatan♦ ay kinasihan ng Diyos at kapaki-
pakinabang sa pagtuturo, sa pagsaway, sa pagtutuwid, sa
pagsasanay sa katuwiran 17upang ang tao ng Diyos ay maging
ganap, lubos na naihanda sa bawat mabuting gawa.

4 Kaya mataimtim kitang pinagtatagubilinan sa harapan
ng Diyos at ng Panginoong Jesu-Cristo na siyang hahatol
sa mga buhay at sa mga patay sa kaniyang pagpapakita at sa
kaniyang kaharian. 2Ipangaral mo ang salita, maging handa
ka, napapanahon man o hindi napapanahon, ipaunawa mo ang
kasalanan, magsaway ka, magsumamo ka ng may pagtitiyaga
at pagtuturo 3sapagkat ang panahon ay darating na hindi
nila matitiis ang mabuting katuruan, ngunit ayon sa kanilang
sariling pagnanasa ay mag-iipon sila ng mga guro para sa
kanilang sarili dahil sa kanilang nangangating tainga, 4at
itatalikod nga nila ang kanilang pandinig mula sa katotohanan
at sila ay babaling sa mga alamat. 5Ngunit ikaw, magbantay ka
sa lahat ng mga bagay, magtiis ka ng kahirapan, gawin mo ang
gawain ng isang mangangaral ng ebanghelyo, gampanan mong
lubos ang iyong paglilingkod.

6Sapagkat ako ngayon ay ibinubuhos katulad sa inuming
handog at ang panahon ng aking pagpanaw ay malapit na.
7Ako ay nakipagbaka ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko
na ang takbuhin, iningatan kong lubos ang pananampalataya.
8Sa katapus-tapusan ay may inilalaan para sa akin na isang
putong ng katuwiran, na sa Araw na iyon ay ibibigay sa akin ng
Panginoon na siyang matuwid na hukom, ngunit hindi lamang
sa akin kundi sa kanilang lahat na nagmamahal sa kaniyang
pagpapakita.

Mga Sariling Habilin

9Sikapin mong makaparito sa akin sa lalong madaling
panahon 10sapagkat ako ay iniwan ni Demas at siya ay umalis
patungo sa Tesalonica dahil minahal niya ang kasalukuyang
kapanahunan. Si Cresente ay nagtungo sa Galacia at si Tito ay
sa Dalmacia. 11Si Lucas lamang ang kasama ko. Pagkatapos
mong sunduin si Marcos, isama mo siya sapagkat siya ay
kapaki-pakinabang sa akin sa paglilingkod, 12ngunit si Tiquico
ay isinugo ko sa Efeso. 13Sa iyong pagparito ay dalhin mo ang
balabal na aking iniwan kay Carpo sa Troas at ang mga aklat
lalung-lalo na ang sinusulatang mga balat ng hayop.

14Si Alejandro na panday ng tanso ay napakaraming
ginawang kasamaan sa akin. Ang Panginoon nawa ang gumanti
sa kaniya ayon sa kaniyang mga gawa. 15Mag-ingat ka rin sa
kaniya sapagkat mahigpit niyang sinalungat ang aming mga
salita.

16Sa aking unang pagtatanggol ay walang sinumang sumama
sa akin, sa halip ay pinabayaan ako ng lahat. Huwag nawa itong
ibilang laban sa kanila.

17Ngunit ang Panginoon ay tumindig sa tabi ko at ako

4:1 Gaw 10:42; 1Ti 5:21
4:2 1Ti 4:13; Tit 1:13
4:3 1Ti 1:10
4:4 1Ti 1:4
4:5 Gaw 21:8; Efe 4:11
4:6 Flp 2:17
4:7 Gaw 20:24; 1Co 9:24; 1Ti 1:18
4:8 1Co 9:25; 1Ti 6:14
4:9 Tit 3:12
4:10 2Co 2:13; Col 4:14; Flm 1:24; 1Jn 2:15
4:11 Gaw 12:12; Col 4:14; Flm 1:24
4:12 Gaw 20:4
4:13 Gaw 16:8
4:14 Rom 2:6; 1Ti 1:20
4:16 Gaw 7:60
4:17 Gaw 23:11

ay pinalakas niya upang ang pangangaral ay lubos na
mapaniwalaan sa pamamagitan ko at mapakinggan ng lahat ng
mga Gentil. Kaya ako ay nailigtas mula sa bibig ng leon. 18At
ang Panginoon ang sasagip sa akin mula sa lahat ng masamang
gawa at ililigtas niya ako patungo sa kaniyang makalangit na
kaharian. Sa kaniya ang kaluwalhatian magpakailan pa man.
Siya nawa.

4:18 Rom 11:36; 2Pe 2:9
4:19 Gaw 18:2
4:20 Gaw 19:22; 20:4
4:21 Tit 3:12
4:22 Gal 6:18; Col 4:18

Panghuling Pagbati

19Batiin mo sina Priscila at Aquila at ang sambahayan ni
Onesiforo. 20Si Erasto ay nanatili sa Corinto ngunit si Trofimo
ay iniwan ko sa Mileto dahil siya ay may sakit.

21Sikapin mong pumarito bago magtaglamig. Binabati ka
nina Eubulo, Pudente, Lino, Claudia at ng lahat ng mga kapatid.

22Sumaiyong espiritu nawa ang Panginoong Jesu-Cristo.
Sumainyo nawa ang biyaya. Siya nawa.

ANG SULAT NI APOSTOL PABLO KAY TITO

Sumulat: Pablo
Para Kanino: Kay Tito
Taon: A.D. 65

Panimulang Salita ng Sulat Kay Tito

Si Tito na isang Gentil ay marahil naging mananampalataya sa ilalim ng paglilingkod ni Pablo (1:4). Siya ay kasama ni Pablo sa lungsod ng Antioquia at sa lungsod ng Jerusalem (Gal 2:1-3). Maaring kasama siya ni Pablo sa unang pang-misyong paglalakbay sa buong lalawigan ng Galacia. Sinamahan niya si Pablo sa ikatlong pang-misyong paglalakbay at pinili siya ni Pablo na tumulong sa mahirap na kalagayan sa lungsod ng Corinto (tingnan ang Panimulang Salita sa Ikalawang Sulat sa Mga Taga-Corinto). Si Tito ay binanggit ni Pablo ng ilang ulit sa 2 Corinto (2Co 2:13; 7:6, 13-15; 8:6, 16, 23; 12:18) na nagpakita na siya ay taong may napakahusay na pag-uugali at manggagawang mapagkakatiwalaan sa paglilingkod. Kaya hindi nakapagtataka na iniwan siya ni Pablo sa Creta upang harapin ang mahihirap na kalagayan doon (1:5).

Ang mga taga-Roma ang namahala sa malaking isla ng Creta sa Dagat ng Mediteraneo. Ang mga tao sa islang ito ay kilala na masama ang pag-uugali at pakikipagkapwa (1:12) subalit binago ng ebanghelyo ang kanilang mga buhay. Maaring nagsimulang kumilos ang ebanghelyo sa ilang mga taga-Creta nang narinig nila ang pangangaral ni Pedro sa araw Pentecostes (Gaw 2:11). Si Pablo na isang bilanggo ay dumalaw sandali sa isla nang siya ay papunta sa Roma (Gaw 27:7-13). Pagkatapos palayain si Pablo ng mga taga-Roma (tingnan ang Panimulang Salita sa Unang Sulat Kay Timoteo), siya ay muling dumalaw sa Creta kasama si Tito at sila ay nanatili roon nang matagal-tagal na panahon. Nang siya ay umalis sa Creta, itinalaga niya si Tito upang tapusin ang paglilingkod ni Pablo roon (Tit 1:5). Pagkatapos niyang maglakbay papunta sa lungsod ng Efeso at sa rehiyon ng Macedonia, siya ay sumulat kay Tito sa panahon ng A.D. 65 upang siya ay gabayan.

Ang sulat kay Tito ay nagtuturo na tayo ay iniligtas ni Cristo upang tayo ay makagawa ng mabubuting gawa at upang tayo ay makapamuhay ng mataas na antas ng mabuting pag-uugali at pakikipagkapwa na ayon sa mabuting katuruan. Upang maipamuhay ang gayong uri ng buhay, tinukoy ni Pablo ang tatlong hadlang: ang mga bulaang guro, ang hindi pagkamakadiyos at ang mga makasanlibutang pagnanasa. Sa kabanatang 1 ay tinatalakay niya ang unang hadlang sa pamamagitan mismo ng pagbibigay gabay kung paano italaga ang matatanda na may mabuting pag-uugali at mapagkakatiwalaan sa katuruan. Sa kabanatang 2-3 ay tinatalakay niya ang dalawa pang hadlang sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga panuntunan sa pag-uugali ng Cristiano sa iba't ibang pangkat sa iglesiya.

Ang biyaya ng Diyos ang nagdadala sa atin ng kaligtasan at ito ang nagtuturo sa atin kung paano mapagtagumpayan ang kasalanan at maging "masigasig sa mabubuting gawa" (2:11-14).

Balangkas ng Sulat Kay Tito:

Panimula (*1:1-4*)
I. Dapat magtalaga si Tito ng mga karapat-dapat na mga pastor (*1:5-9*).
II. Dapat harapin ni Tito ang mga bulaang guro (*1:10-16*).
III. Dapat turuan ni Tito ang mga mananampalataya kung paano mamuhay ayon sa mabuting katuruan (*2:1-3:11*).
Pangwakas (*3:12-15*)

1 Si Pablo, ang alipin ng Diyos at apostol ni Jesu-Cristo ayon
sa pananampalataya ng mga pinili ng Diyos at ayon sa lubos
na kaalaman ng katotohanan na naaayon sa pagiging makadiyos,
2 ayon sa pag-asa sa buhay na walang hanggan na ipinangako ng
Diyos na hindi sinungaling bago ang mga kapanahunan ng walang
hanggan, 3 ngunit sa takdang panahon ay ipinahayag niya ang
kaniyang salita sa pamamagitan ng pangangaral na ipinagkatiwala
sa akin ayon sa utos ng Diyos na ating Tagapagligtas.

4 Kay Tito, ang tunay kong anak ayon sa pananampalatayang
nasa ating lahat, sumaiyo ang biyaya, kahabagan at
kapayapaang mula sa Diyos Ama at Panginoong Jesu-Cristo na
ating Tagapagligtas.

Ang mga Ginawa ni Tito sa Creta

5 Dahil dito ay iniwan kita sa Creta upang iyong ayusin ang
mga bagay na kulang sa kaayusan at kagaya ng ipinagbilin ko
sa iyo, ikaw ay magtalaga ng matatanda sa bawat lungsod 6 kung
mayroong sinuman na hindi napupulaan, asawa ng isang babae
at may mga anak na mananampalataya na hindi pinaratangan
na walang pagpipigil sa sarili o masuwayin, 7 sapagkat ang
tagapangasiwa ay dapat hindi napupulaan bilang katiwala ng
Diyos, hindi ipinipilit ang sariling kagustuhan, hindi magagalitin,
hindi manginginom ng alak, hindi palaaway at hindi gahaman
sa masamang kapakinabangan. 8 Sa halip ay bukas ang kaniyang
tahanan sa mga dayuhan, maibigin sa mabuti, maayos ang pag-
iisip, matuwid, banal, mapagpigil sa sarili, 9 pinanghahawakan
ang matapat na salita ayon sa katuruan upang sa pamamagitan ng
mabuting katuruan ay makakaya rin niyang mahimok at masaway
sila na mga sumasalungat.

10 Dahil marami ang mga masuwayin, mga nagsasalita nang
walang kabuluhan at mga mapanlinlang lalung-lalo na yaong
mga nasa pagtutuli, 11 na ang mga bibig ay dapat pigilan, na mga
nagwawasak ng mga buong sambahayan sa pamamagitan ng
pagtuturo ng mga bagay na hindi marapat dahil sa pagkagahaman
sa masamang kapakinabangan. 12 Isa mismo sa kanilang sariling
propeta ang nagsabi, "Ang mga taga-Creta ay palaging sinungaling,
masasamang hayop at mga matakaw na tamad." 13 Ang balitang
ito ay totoo. Dahil dito, masikap mong sawayin sila upang sila
ay maging matibay sa pananampalataya, 14 upang sila ay hindi
makinig sa mga alamat ng mga Judio at sa mga utos ng mga taong
tumatalikod sa katotohanan. 15 Ang lahat nga ng mga bagay ay
malinis sa taong malinis, ngunit sa mga nadungisan at sa mga
hindi mananampalataya ay walang bagay na malinis subalit kahit
ang kanilang pag-iisip at budhi ay nadungisan na. 16 Kanilang
ipinahahayag na kilala nila ang Diyos ngunit sa kanilang mga gawa

1:1 Rom 1:1; 1Co 1:1; 1Ti 2:4
1:2 2Ti 1:9; Heb 6:18
1:3 Luc 1:47; 2Co 1:1; 1Ti 2:6
1:4 Rom 1:7; 2Co 2:13; 1Ti 1:2
1:5 Gaw 27:7
1:6 1Te 3:13; 1Ti 3:2
1:7 1Co 4:1; 1Ti 3:1
1:8 2Ti 3:3
1:9 1Ti 1:10, 19; 2Ti 1:13
1:10 Gaw 10:45; 1Ti 1:6
1:11 1Ti 5:13
1:12 Gaw 2:11; 17:28
1:13 1Ti 5:20
1:14 Col 2:22; 1Ti 1:4; 2Ti 4:4
1:15 Col 2:20-22; 1Ti 6:5
1:16 1Jn 2:4

ay kanilang ipinagkakaila ito. Sila ay mga kasuklam-suklam, mga masuwayin at mga walang karapatan sa anumang gawang mabuti.

Ang mga Dapat pang Ituro

2 Ngunit magsalita ka ng mga bagay na karapat-dapat sa
mabuting katuruan. **2**Ang matatandang lalaki ay maging
maingat sa pag-iisip, marangal, maayos ang pag-iisip, maayos
sa pananampalataya, sa pag-ibig at sa pagtitiis. **3**Gayundin
ang matatandang babae, na sila ay may pag-uugali na
marapat sa kabanalan, mga hindi mapanirang-puri, mga hindi
nagpapaalipin sa maraming alak, mga guro ng mabubuting
bagay, **4**upang kanilang maturuan ang mga nakababatang
babae ng maayos na pag-iisip, ng pagmamahal sa kani-kanilang
asawa, ng pagmamahal sa kanilang mga anak, **5**na maging
maayos ang pag-iisip, dalisay, tagapangalaga ng tahanan,
mabuti ang pag-uugali, nagpapasakop sa kani-kanilang asawa
upang ang salita ng Diyos ay huwag malapastangan.

6Gayundin ang mga nakababatang lalaki, sila ay hikayatin
mo na maging maayos ang pag-iisip. **7**Patungkol sa lahat ng
mga bagay ay ipakita mo ang iyong sarili na huwaran ng
mabubuting gawa, sa pagtuturo ay ipakita mo ang kadalisayan,
ang karangalan, ang katapatan, **8**at ang mabuting pananalita na
hindi mahahatulan upang yaong sumasalungat ay mapahiya,
nang sa gayon ay walang masasabing masama patungkol sa iyo.

9Pagtagubilinan mo ang mga alipin na magpasakop sa sarili
nilang mga amo at maging kalugod-lugod sa lahat ng mga
bagay at huwag maging palasagot, **10**hindi mapanglustay kundi
palaging nagpapakita ng mabuting katapatan upang kanilang
mapalamutian sa lahat ng mga bagay ang katuruan ng ating
Diyos na Tagapagligtas.

11Dahil ang biyaya ng Diyos na nagdadala ng kaligtasan
ay nahayag sa lahat ng mga tao, **12**na tinuturuan tayo
upang tanggihan ang hindi pagiging makadiyos at ang
makasanlibutang mga pagnanasa, upang tayo ay makapamuhay
na may maayos na pag-iisip at matuwid at makadiyos sa
kasalukuyang panahon, **13**na naghihintay sa pinagpalang pag-
asa at maluwalhating pagpapakita ng ating dakilang Diyos
at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo, **14**na siyang nagbigay ng
kaniyang sarili para sa atin upang tayo ay matubos niya mula
sa lahat ng hindi pagkilala sa kautusan at upang dalisayin para
sa kaniyang sarili ang bayan na tanging kaniyang pag-aari at
masigasig sa mabubuting gawa.

15Ipangaral mo ang mga bagay na ito at maghimok ka at
magsaway ka nang may buong kapamahalaan. Huwag mong
hayaang ikaw ay hamakin ng sinuman.

2:1 1Ti 1:10
2:2 1Ti 3:2
2:3 1Ti 3:8,11
2:4 1Ti 5:2
2:5 Efe 5:22; 1Ti 6:1; Heb 4:12
2:6 1Ti 5:1
2:7 1Ti 4:12
2:8 1Pe 2:12
2:9 Efe 6:5
2:10 Mat 5:16; Luc 1:47
2:11 Rom 3:24; 1Ti 2:4; 2Ti 1:10
2:12 2Ti 3:12
2:13 1Co 1:7; 1Ti 6:4; 2Pe 1:1
2:14 Mat 5:16; 20:28; 2Co 8:21; Efe 2:10; Heb 1:3; 1Pe 2:12, 15; 1Jn 1:7

Ang Paggawa ng Mabuti

3 Ipaalala mo sa kanila na magpasakop sa mga pamunuan at
maging masunurin sa mga may kapamahalaan, na maging
handa sa bawat gawang mabuti, **2**na huwag laitin ang sinuman, sa
halip ay maging mahinahon na ipinapakita ang lahat ng kababaang-
loob sa lahat ng mga tao **3**sapagkat tayo rin mismo ay dating mga
mangmang, mga masuwayin, mga iniligaw, mga alipin ng iba't
ibang pagnanasa at kalayawan, mga namumuhay sa kasamaan
at inggit, mga puno ng galit at namumuhi sa isa't isa. **4**Ngunit
nang ang kabutihan at pagmamahal sa mga tao ay naihayag ng
Diyos na ating Tagapagligtas, **5**tayo ay kaniyang iniligtas, hindi sa
pamamagitan ng mga gawa ng katuwiran na ating ginawa kundi
ayon sa kaniyang kahabagan, sa pamamagitan ng paghuhugas ng
muling kapanganakan at ng pagbabago sa atin ng Banal na Espiritu,
6na ibinuhos niyang sagana sa atin sa pamamagitan ni Jesu-Cristo
na ating Tagapagligtas, **7**upang pagkatapos tayong napawalang-sala
sa pamamagitan ng kaniyang biyaya ay magiging tagapagmana tayo
ayon sa pag-asa sa buhay na walang hanggan.

8Ito ang mapagkakatiwalaang pananalita at ninanais ko na
lubos mong pagtibayin ang mga bagay na ito upang sila na mga
sumampalataya sa Diyos ay maging maingat na pangibabawin
ang mababuting gawa. Ang mga bagay na ito ay mabuti at
kapaki-pakinabang sa mga tao.

9Ngunit layuan mo ang mga tanong na walang kabuluhan,
ang mga walang katapusang pagsasalaysay ng mga angkan, mga
paglalaban-laban at mga pag-aaway-away patungkol sa kautusan
sapagkat ang mga ito ay walang pakinabang at walang kabuluhan.
10Tanggihan mo ang taong heretiko* pagkatapos ng una at ikalawang
babala, **11**yamang alam mo na ang ganiyang tao ay naligaw at
nagkakasala, na kaniyang hinatulan ang kaniyang sarili.

Panghuling Tagubilin

12Kapag maisugo ko sa iyo si Artemas o si Tiquico,
sikapin mong puntahan ako sa Nicopolis sapagkat ako ay
nagpasya na magpalipas ng taglamig doon. **13**Sikapin mong
tulungan si Zenas na dalubhasa sa kautusan at si Apollos sa
kanilang paglalakbay upang hindi sila magkulang ng anuman.
14At hayaang matutunan din ng mga kapatid na kanilang
pangibabawin ang mababuting gawa para matulungan kaagad
ang mga nangangailangan upang hindi sila mawalan ng bunga.

15Binabati ka ng lahat ng mga kasama ko. Batiin mo
yaong mga nagmamahal sa atin dahil sa pananampalataya.
Sumainyong lahat ang biyaya. Siya nawa.

3:1 Rom 13:1; 2Ti 2:21; 1Pe 2:13-14
3:2 Efe 4:31
3:3 Efe 2:2
3:4 Luc 1:47; Efe 2:7
3:5 Rom 12:2; Efe 2:9; 1Pe 1:3
3:6 Rom 5:5
3:7 Mat 25:46; Rom 3:24; 8:17,24
3:8 1Ti 1:15
3:9 2Ti 2:14,16
3:10 Rom 16:17
3:12 Gaw 20:4; 2Ti 4:9,21
3:13 Gaw 18:24
3:15 Col 4:18; 1Ti 1:2

* **3:10** *heretiko*: Ang taong lumihis sa nahayag na katotohanan at bumuo ng ibang katuruan at pangkat.

ANG SULAT NI APOSTOL PABLO KAY FILEMON

Sumulat: Pablo
Para Kanino: Kay Filemon
Taon: A.D. 61-62

Panimulang Salita sa Sulat kay Filemon

Ang sulat na ito ay isang magiliw na sulat ni apostol Pablo kay Filemon at ang pinakamaiksi sa lahat ng kaniyang mga isinulat. Hindi nito tinutukoy ang mga usapin patungkol sa pananampalataya at pamumuhay sa isang iglesiya katulad ng kaniyang ibang mga sulat. Isinulat ito ni Pablo nang siya ay nakabilanggo sa Roma para kay Filemon na kaniyang dinala kay Cristo (1:19). Isinulat ito alang-alang kay Onisemo na isang alipin na nagnakaw ng pera o mga ari-arian ni Filemon na kaniyang amo. Dahil dito, siya ay tumakas papuntang Roma kung saan niya nakita si Pablo. Siya rin ay dinala ni Pablo sa Panginoon at tumulong upang matugunan ang mga materyal na pangangailangan ni Pablo (1:11, 13).

Subalit alam ni Pablo na ang alipin ay kailangang maibalik sa kaniyang amo ayon sa batas (1:13, 14). Si Pablo ay nagpasya na pabalikin si Onesimo kay Filemon kasama ni Tiquico dahil si Tiquico ay pabalik na patungo sa lalawigan ng Asya na dala ang mga sulat para sa mga taga-Efeso at sa mga taga-Colosas (Efe 6:21, 22; Col 4:7, 8). Ang unang hangarin ni Pablo ay muling maipagkasundo si Onesimo kay Filemon. Ang sulat na dala ni Tiquico ay maaring isinulat sa panahon ng A.D. 61-62 nang si Pablo ay unang nabilanggo sa Roma.

Si Filemon ay isang makadiyos na mananampalataya at nagmamay-ari ng alipin (Flm 1:1, 5, 7). Si Pablo ay lubos na nagtitiwala sa mabuting pag-uugali ni Filemon na tutuparin niya ang kahilingan ni Pablo alang-alang kay Onesimo (1:21). Hinihiling ni Pablo kay Filemon na ang kaniyang alipin na bago pa lang naligtas ay kaniyang patawarin mula sa anumang nagawa niyang pagkakasala at siya ay tanggapin niyang muli hindi bilang isang alipin kundi bilang isang pinakamamahal na kapatid (1:15, 16). Ang sulat na ito ay nagbibigay ng ilang pananaw patungkol sa pang-aalipin sa kapanahunan ng mga Apostol. Ito ay nagtuturo ng mahahalagang katotohanan patungkol sa pagpapatawad sa kapwa mga mananampalataya na nagkakasala laban sa isa't isa.

Ang sulat na ito ay isa ring kamangha-manghang pagsasalarawan ng kapatawaran na inihahandog ng Diyos dahil kay Cristo. Nakahanda si Pablo na akuin ang kabayaran para sa mga nagawang pagkakasala at pagkakautang ni Onesimo (1:18). Sa magkatulad na paraan ay inako mismo ni Cristo ang kaparusahan na nararapat dahil sa mga kasalanan ng tao. Tinatanggap ng makasalanan ang kapatawarang nagmula sa Diyos sa sandaling siya ay lubos na sumampalataya kay Cristo lamang at tumalikod mula sa kaniyang kasalanan.

Balangkas ng Sulat Kay Filemon:

Panimula (*1:1-3*)
I. Ang pagpaparangal ni Pablo kay Filemon (*1:4-7*).
II. Ang pagsusumamo ni Pablo kay Filemon alang-alang kay Onesimo (*1:8-14*).
III. Ang paghihimok ni Pablo kay Filemon patungkol sa kaniyang kahilingan (*1:15-19*).
IV. Ang pagsusumamo ni Pablo sa damdamin ni Filemon (*1:20-21*).
V. Ang pagtatapos ni Pablo sa kaniyang kahilingan (*1:22*).
Pangwakas (*1:23-25*)

1 Si Pablo, ang bilanggo ni Cristo Jesus, at si Timoteo na
ating kapatid, kay Filemon na aming minamahal at aming
kamanggagawa, 2at kay Apia na aming minamahal, at kay
Arquipo na aming kapwa kawal at sa iglesiya na nasa iyong
bahay, 3sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos na
ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo.

Ang Panalangin ni Pablo para kay Filemon

4Nagpapasalamat ako sa aking Diyos na palagi kitang
binabanggit sa aking mga panalangin, 5sapagkat nabalitaan ko
ang iyong tinataglay na pag-ibig at ang pananampalataya sa
Panginoong Jesus, na nasa lahat din ng banal. 6Ang panalangin
ko ay upang ang pakikipag-isa ng iyong pananampalataya ay
maging mabisa sa pamamagitan ng lubos na pagkakilala ng
bawat mabubuting bagay na nasa inyo para kay Cristo Jesus,
7sapagkat kami ay nagkaroon ng lubos na kagalakan at lakas ng
loob dahil sa iyong pag-ibig dahil ang kalooban ng mga banal
ay naginhawaan sa pamamagitan mo, kapatid.

Ang Pagsamo ni Pablo kay Filemon

8Sa pamamagitan nito, bagaman ako ay mayroong lubos
na lakas ng loob kay Cristo upang utusan kitang gawin ang
nararapat, 9ako ay lalong nagsusumamo sa iyo dahil sa pag-
ibig, bilang si Pablo na matanda na at ngayon ay bilanggo rin
ni Jesu-Cristo. 10Ako ay sumasamo sa iyo patungkol sa aking
anak na si Onesimo, na naging anak ko sa pananampalataya
habang ako ay nakabilanggo, 11na dating hindi kapaki-
pakinabang sa iyo ngunit ngayon ay kapaki-pakinabang sa iyo
at sa akin.

12Siya ay muli kong pinabalik sa iyo, kaya siya ay tanggapin
mo sa iyong sarili nang katulad sa aking kalooban. 13Ninanais
ko na siya ay manatili sa akin upang siya ay makapaglingkod
sa akin bilang kapalit mo habang ako ay nakabilanggo dahil
sa ebanghelyo. 14Ngunit kung wala kang pahintulot, hindi ko
nais gumawa ng anuman upang ang iyong kabutihan ay hindi
maging sapilitan kundi kusang-loob.

15Marahil dahil dito, siya ay napahiwalay sa iyo nang ilang
panahon upang siya ay mapasaiyo nang habang panahon,
16hindi na kagaya lang ng isang alipin kundi higit pa sa alipin,
isang kapatid na higit kong minamahal, ngunit lalong higit sa
iyo dahil sa laman at dahil sa Panginoon.

17Kaya yamang itinuturing mo ako bilang kasama, tanggapin
mo siya sa iyong sarili na parang ako, 18ngunit kung siya ay
nagkasala sa iyo sa anumang bagay o nagkautang, ito ay ibilang
mo sa akin. 19Akong si Pablo ang sumulat nito sa pamamagitan

1:1 2Co 1:1; Efe 3:1; Flp 2:25
1:2 Rom 16:5; Flp 2:25; Col 4:17
1:3 Rom 1:7
1:4 Rom 1:8,10
1:5 Col 1:4; 1Te 3:6
1:7 Rom 15:32; 1Co 16:18; 2Co 7:4,13
1:9 1Co 1:10; Efe 3:1
1:10 Gaw 21:33; Col 4:9; 1Te 2:11
1:13 Gaw 21:33
1:14 2Co 9:7; 1Pe 5:2
1:16 Mat 23:8; 1Co 7:22; 1Ti 6:2
1:17 2Co 8:23
1:19 1Co 16:21

ng sarili kong kamay, ako ang magbabayad nito upang hindi ko masabi sa iyo na kahit ang iyong buhay ay utang mo sa akin.
20 Oo kapatid, ako nawa ay magkaroon ng kapakinabangan sa iyo dahil sa Panginoon. Pasiglahin mo ang aking kalooban sa Panginoon.

21 Sumulat ako sa iyo dahil tiyak ko ang iyong pagsunod at alam kong gagawin mo rin ang higit pa sa aking sinabi.
22 Gayundin naman, ipaghanda mo ako ng matutuluyan sapagkat ako ay umaasa na sa pamamagitan ng iyong mga panalangin ay ipagkakaloob ako sa iyo.

1:20 1Co 16:18
1:21 2Co 2:3
1:22 Flp 1:25
1:23 Col 1:7
1:24 2Ti 4:10
1:25 Gal 6:18

Panghuling mga Pagbati

23 Binabati ka ni Epafras, na kapwa ko bilanggo kay Cristo Jesus, **24** nina Marcos, Aristarco, Demas at Lucas na aking mga kamanggagawa. **25** Sumainyong espiritu ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Siya nawa.

ANG SULAT SA MGA HEBREO

Sumulat: Hindi inihayag ang sariling pangalan

Para Kanino: Sa mga mananampalatayang Judio

Taon: A.D. 67-69

Panimulang Salita sa Sulat sa Mga Hebreo

Itinatag ng Diyos sa Lumang Tipan ang pamamaraan ng pagsamba at hiningi niya ang katapatan para dito. Ngunit ang layunin ng pamamaraang ito ay upang ipakita sa mga Judio ang kanilang pangangailangan sa pagdating ni Cristo. Nang si Jesu-Cristo ay dumating at itinatag ang Bagong Tipan sa pamamagitan ng kaniyang handog, pinalitan niya ng bagong buhay kay Cristo ang mga kinaugalian sa Lumang Tipan. Napakinggan na ng mga tumatanggap ng sulat na ito ang mga katotohanang ito nang ipinangaral sa kanila ang ebanghelyo, subalit malinaw na ang iniisip nila ay ang patungkol sa pagbabalik sa Judaismo. Ang matinding pagmamalupit ang maaring naging dahilan ng kanilang pag-aalinlangan sa pagsunod kay Cristo (10:32-34; 12:4). Ang kanilang naaalala ay ang mga kaluwalhatian ng Lumang Tipan. Isinulat itong "salita ng pagsusumamo" (13:22) upang sila ay hamunin na ituon nila ang kanilang paningin kay Cristo at sa mga kaluwalhatian ng Cristianismo.

Hindi ipinakilala kung sino ang sumulat nito. Ngunit ipinahihiwatig ng sulat na ito na ang sumulat ay hindi naging saksi sa paglilingkod ni Jesus (2:3, 4), o naging pinuno ng kapulungan ng mga mananampalatayang Judio (13:17). Siya ay may mataas na pinag-aralan at may malawak na kaalaman sa Lumang Tipan at gayundin sa Judaismo. Maaring isinulat niya ito bago ang pagkawasak ng templo (A.D. 70), dahil siya ay nagsasalita patungkol sa pananambahan sa templo na parang nangyayari sa kasalukuyan (7:8; 9:5-7, 9, 13; 13:10). Maaring isinulat niya ang sulat na ito sa panahon ng A.D. 67-69 sapagkat matindi ang panggigipit laban sa mga mananampalataya sa kapanahunang iyon.

Ipinaliliwanag ng sumulat nito na ang mga katuruan ng Cristianismo ay lubhang nakahihigit sa Judaismo. Si Cristo ay higit na mabuti kaysa sa mga propeta sa Lumang Tipan (1:1-3), sa mga anghel (1:4-2:18), at kay Moises (3:1-6). Siya ay nagkaloob ng higit na mabuting kapahingahan (3:7-4:13), siya ay higit na mabuting saserdote (4:14-7:25) na naglilingkod sa higit na mabuting banal na dako (8:1-5), at siya ay nagtatag ng higit na mabuting tipan na mayroong higit na mabuting pangako (8:6-13), ng higit na mabuting paglilingkod (9:1-28), at higit na mabuting hain, ito ay ang kaniyang sarili (10:1-18). Sa buong bahagi ng katuruan ng sulat na ito, ang sumulat ay nagbibigay ng matitinding babala laban sa mga pagsuway at hindi pagsampalataya (2:1-4; 3:12; 4:1; 5:11-14; 6:4-6). Dahil ang Cristianismo ay lubhang nakahihigit kaysa sa Lumang Tipan, ang ikalawang bahagi ng sulat ay nakatuon sa nararapat na pagtugon ng mga mananampalataya (10:19-13:25). Ang bahagi ring ito ay mayroong matitinding babala laban sa mga pagsuway at hindi pagsampalataya (10:26-31; 12:15-17).

Ang pangunahing mensahe ng aklat na ito ay malinaw. Tayo ay dapat laging tumingin kay Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya sapagkat ibinigay niya sa atin ang buong kaligtasan (12:2).

Balangkas sa Sulat sa Mga Hebreo:

I. Ang mga katuruan ng Cristianismo ay lubhang nakahihigit sa Judaismo (*1:1-10:18*).
   a. Si Cristo ay higit na mabuti kaysa sa mga propeta ng Lumang Tipan (*1:1-3*).
   b. Si Cristo ay higit na mabuti kaysa sa mga anghel (*1:4-2:18*).

c. Si Cristo ay higit na mabuti kaysa kay Moises (*3:1-6*).
d. Si Cristo ay nagkakaloob ng higit na mabuting kapahingahan (*3:7-4:13*).
e. Si Cristo ay higit na mabuting saserdote (*4:14-7:25*).
f. Si Cristo ay naglilingkod sa higit na mabuting banal na dako (*8:1-5*).
g. Si Cristo ay nagtatag ng higit na mabuting tipan (*8:6-9:28*).
i. Ang tipan na ito ay nagbibigay ng higit na mabuting pangako mula sa Diyos (*8:6-13*).
ii. Ang tipan na ito ay nagbubunga ng higit na mabuting paglilingkod sa Diyos (*9:1-28*).
h. Si Cristo ay nagkaloob ng higit na mabuting hain, ito ay ang kaniyang sarili (*10:1-18*).
II. Ang Cristianismo ay lubhang nakahihigit kaya ang mga mananampalataya ay kinakailangang tumugon nang nararapat sa Cristianismo (*10:19-13:17*).
Pangwakas (*13:18-25*)

Ang Anak ay Higit na Dakila

1 Ang Diyos, pagkatapos nagsalita noong una sa iba't ibang
panahon at sa iba't ibang paraan sa ating mga ninuno
sa pamamagitan ng mga propeta, **2** ay nagsalita nitong mga
huling araw sa atin sa pamamagitan ng kaniyang Anak na
kaniyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay,
na sa pamamagitan din niya ay nilikha ang sansinukob. **3** At
siya ang kaningningan ng kaluwalhatian ng Ama at ang
ganap na larawan ng pagka-Diyos ng Ama, na siya ring
humahawak ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita
ng kaniyang kapangyarihan. Pagkatapos niyang gawin ang
paglilinis ng ating mga kasalanan ay umupo siya sa bahaging
kanan ng Kataas-taasang Kamahalan sa kaitaasan **4** dahil sa
kaniyang pagiging higit na dakila sa mga anghel♦ yamang
ang pangalan na kaniyang minana ay higit na marilag kaysa
sa kanila.

5 Sapagkat kailan sinabi ng Diyos sa sinuman sa mga
anghel,

"Ikaw ay ang aking Anak,
sa araw na ito ay ipinanganak kita"?

Awi 2:7

At muli niyang sinabi,

"Ako ay magiging Ama sa kaniya
at siya ay magiging Anak sa akin"?

2Sa 7:14; 1Cr 17:13; 22:10

6 At muli, nang dinala niya ang panganay na Anak sa
sanlibutan, sinabi niya, "At hayaan siyang sambahin ng lahat
ng mga anghel ng Diyos."

Awi 97:7

7 Ngunit patungkol sa mga anghel ay sinasabi niya,

1:1 Luc 1:70; Jua 9:29; Gaw 2:30
1:2 Mat 3:17; 11:27; Jua 1:3; 1Pe 1:20
1:3 Mar 16:19; Jua 1:14; 14:9; Col 1:17; Tit 2:14
1:4 Efe 1:21; Flp 2:9-10
1:6 Rom 8:29; Col 1:18; Heb 10:5

"Ginagawa niyang espiritu ang kaniyang mga anghel at alab
ng apoy ang kaniyang mga tagapaglingkod."
Awi 104:4

8Subalit patungkol sa Anak ay sinabi niya, "Ang iyong trono,
O Diyos, ay magpakailan man at ang setro ng katuwiran ay
ang setro ng iyong paghahari. **9**Iyong inibig ang katuwiran at
iyong kinamuhian ang hindi pagkilala sa kautusan. Dahil dito,
pinahiran ka ng Diyos na iyong Diyos ng langis ng olibo ng
labis na kagalakan ng higit sa iyong mga kasama."
Awi 45:6-7

10At "Ikaw, Panginoon, sa simula pa ay itinatag mo ang daigdig,
at ang kalangitan ay mga gawa ng iyong mga kamay. **11**Sila
ay mapapahamak ngunit ikaw ay nananatili, at silang lahat ay
malulumang katulad ng kasuotan **12**at babalumbunin mo silang
katulad ng balabal, at sila ay mababago ngunit ikaw ay hindi
nagbabago at ang iyong mga taon ay hindi magwawakas."
Awi 102:25-27

13Ngunit kailan sinabi ng Diyos sa sinuman sa mga anghel,
"Maupo ka sa aking bahaging kanan hanggang sa ang iyong
mga kaaway ay mailagay ko na tuntungan ng iyong mga paa"?
Awi 110:1

14Hindi nga ba silang lahat ay mga espiritung tagapaglingkod
na isinusugo upang maglingkod para sa kanila na magmamana
ng kaligtasan?

1:8 Luc 1:33
1:9 Flp 2:9
1:13 Mat 22:44; Mar 16:19
1:14 Mat 25:34; Mar 10:17; Gaw 20:32; Rom 11:14
2:1 Rom 11:22
2:2 Gaw 7:53; Gal 3:19
2:3 Luc 1:2
2:4 Mar 16:20; Jua 4:48; 1Co 12:4; Efe 1:5

Babala sa mga Nakarinig

2 Dahil dito, lalong higit pang kinakailangan na ating
pakaingatan ang ating mga narinig upang tayo ay hindi
matangay palayo sa mga ito. **2**Sapagkat kung ang salita na
sinabi sa pamamagitan ng mga anghel ay naging matibay
at ang bawat pagsalangsang at pagsuway ay tumanggap ng
makatarungang parusa, **3**paano tayo makakatakas kung
pinabayaan natin ang gayong napakadakilang kaligtasan
na sinasabi sa simula pa sa pamamagitan ng Panginoon at
pinagtibay sa atin sa pamamagitan niyaong mga nakarinig sa
kaniya, **4**habang pinatotohanan din ng Diyos sa pamamagitan
ng mga tanda at mga kamangha-manghang gawa at iba't ibang
makapangyarihang gawa at mga kaloob ng Banal na Espiritu
ayon sa kaniyang kalooban?

Si Jesus ay Nakitulad sa Kaniyang mga Kapatid

5Sapagkat ang sanlibutang dumarating na siyang aming
sinasabi ay hindi ipinasakop ng Diyos sa mga anghel. **6**Ngunit
sa isang dako ay may isang nagpatotoo na sinasabi, "Ano ang
tao upang siya ay alalahanin mo? O ang anak ng tao upang siya

ay pagmalasakitan mo? 7Sa maikling panahon ay ginawa mo
siyang mababa kaysa sa mga anghel. Siya ay iyong pinutungan
ng kaluwalhatian at karangalan, at siya ay iyong itinalaga sa
mga gawa ng iyong mga kamay. 8Ang lahat ng mga bagay ay
iyong ipinasakop sa ilalim ng kaniyang mga paa."

Awi 8:4-6

Sapagkat nang ang lahat ay ipinasakop sa kaniya, wala siyang
iniwan na anumang hindi ipinasakop sa kaniya. Ngunit sa
ngayon ay hindi pa natin nakikitang naipasakop na sa kaniya
ang lahat ng bagay. 9Subalit nakikita natin si Jesus, na sa
maikling panahon ay ginawa siyang mababa kaysa sa mga
anghel dahil sa paghihirap sa kamatayan, na pinutungan ng
kaluwalhatian at ng karangalan, upang sa pamamagitan ng
biyaya ng Diyos ay matikman niya ang kamatayan para sa lahat
ng tao.

10Sapagkat ito ay nararapat dahil sa kaniya ang lahat at
sa pamamagitan niya ang lahat, sa pagdadala ng maraming
anak sa kaluwalhatian, upang gawing ganap ang may-akda
ng kanilang kaligtasan sa pamamagitan ng mga paghihirap.
11Sapagkat siya na nagpapaging-banal* at sila na mga
pinapaging-banal† ay nagmulang lahat sa isa. Dahil dito, siya
ay hindi nahihiyang tawagin silang mga kapatid, 12na sinasabi,
"Ang iyong pangalan ay ipapahayag ko sa aking mga kapatid.
Sa gitna ng iglesiya ay aawit ako ng mga himno sa iyo."

Awi 22:22

13At muli,

"Ako ay magtitiwala sa kaniya."

Isa 8:17

At muli,

"Narito ako at ang mga anak na ibinigay
ng Diyos sa akin."

Isa 8:18

14Kaya yamang ang mga anak ay nakibahagi sa laman at
dugo, sa gayunding paraan, siya mismo ay nakibahagi ng gayon
sa laman at dugo upang sa pamamagitan ng kamatayan ay
kaniyang mapawalang-kakayahan siya na may kapangyarihan
ng kamatayan, iyon ay ang diyablo♦ 15at sila ay mapalaya, sila
na dahil sa pagkatakot sa kamatayan ay palaging namumuhay
sa ilalim ng pagkaalipin. 16Sapagkat tiyak na hindi niya

2:8 Mat 22:44
2:9 Gaw 3:13; 2Co 5:15; Flp 2:7-9
2:10 Luc 24:26; Rom 11:36
2:11 Mat 28:10; Efe 5:26
2:13 Jua 10:29
2:14 Jua 1:14; 1Co 15:50, 54-57; Efe 6:12; 2Ti 1:10; 1Jn 3:8
2:15 2Ti 1:7
2:16 Luc 3:8

* **2:11** *nagpapaging-banal*: Ito ay tumutukoy sa Diyos na nagpaparatang ng kabanalan sa mga makasalanan upang maging banal dahil kay Cristo.
† **2:11** *pinapaging-banal*: Ito ay nangangahulugan na ang isang taong sumasampalataya sa Diyos ay itinuring nang banal sa harap ng Diyos dahil kay Cristo ngunit habang siya ay namumuhay sa daigdig, siya ay nasa proseso ng kabanalan.

tinutulungan ang mga anghel kundi ang kaniyang tinutulungan
ay ang binhi ni Abraham. 17Kaya siya ay kinakailangang
matulad sa kaniyang mga kapatid sa lahat ng bagay upang siya
ay maging mahabagin at matapat na pinakapunong saserdote♦
sa mga bagay na para sa Diyos upang maging kasiya-siyang
handog para sa mga kasalanan ng mga tao. 18Dahil sa siya ay
nakaranas na tuksuhin, makakaya niyang tulungan yaong mga
tinutukso.

Si Jesus ay Higit na Dakila kay Moises

3 Kaya mga banal na kapatid, na mga kabahagi sa
makalangit na pagkatawag, isaalang-alang ninyo si Jesu-
Cristo na siyang Sugo at Pinakapunong Saserdote na aming
ipinahahayag. 2Siya ay matapat sa kaniya na nagtalaga sa
kaniya kagaya rin ni Moises na matapat sa kaniyang buong
sambahayan, 3sapagkat siya ay ibinilang na karapat-dapat sa
higit na kaluwalhatian kaysa kay Moises kung paanong higit na
may karangalan ang nagtayo ng bahay kaysa sa bahay, 4dahil
ang bawat bahay ay ginagawa ng ilang tao ngunit ang Diyos
ang gumawa ng lahat ng mga bagay. 5At si Moises nga ay
matapat sa kaniyang buong sambahayan bilang tagapaglingkod
para sa patotoo♦ ng mga bagay na sasabihin pa. 6Ngunit si
Cristo, bilang anak ay matapat sa kaniyang bahay na ang bahay
na ito ay tayo, kapag mapanatili nating matatag ang lakas ng
loob at ang kagalakan ng pag-asa hanggang sa wakas.

2:17 Rom 3:25; Flp 2:7
3:1 Rom 8:28; 2Co 9:13; 1Ti 6:12
3:6 Rom 5:2; 11:22; 1Co 3:16; 1Ti 3:15
3:7 Gaw 28:25
3:9 Gaw 7:36
3:12 Mat 16:16
3:13 Efe 4:22
3:14 Efe 3:12

Babala Laban sa Hindi Pagsampalataya

7Kaya ayon sa sinasabi ng Banal na Espiritu, "Ngayon,
kapag inyong marinig ang kaniyang tinig, 8huwag ninyong
pagmatigasin ang inyong mga puso kagaya ng sa panggagalit,
sa araw ng pagsubok sa ilang 9kung saan ang inyong mga
ninuno ang sumubok sa akin, sumuri sa akin at nakita ang
aking mga gawa sa loob ng apatnapung taon. 10Kaya ako
ay nagalit sa lahing iyon at aking sinabi, 'Sa kanilang puso
ay palagi silang naliligaw at hindi nila alam ang aking mga
landas.' 11Kagaya ng aking isinumpa sa aking pagkapoot, 'Sila
ay hindi papasok sa aking kapahingahan.' "

Awi 95:7-11

12Mga kapatid, mag-ingat kayo, baka mayroong sinuman
sa inyo na may masamang puso ng hindi pagsampalataya, na
magpalayo sa inyo mula sa Diyos na buhay. 13Ngunit palakasin
ninyo ang inyong loob sa bawat araw habang ito ay tinatawag
na "Ngayon," upang walang sinuman mula sa inyo ang maaring
patigasin ng pandaraya ng kasalanan 14sapagkat tayo ay naging
mga kabahagi ni Cristo kapag ang simula ng ating pagtitiwala

ay ating mapanatiling matatag hanggang sa wakas. 15Habang
ito ay sinasabi, “Ngayon, kapag inyong marinig ang kaniyang
tinig, huwag ninyong pagmatigasin ang inyong mga puso
kagaya ng sa panggagalit.”

Awi 95:7-8

16Ito ay sapagkat ang ilan ay nanggalit bagaman sila ay
nakarinig, gayunpaman hindi lahat ng mga lumabas mula sa
Egipto sa pamamagitan ni Moises.
17Ngunit kanino siya nagalit sa loob ng apatnapung taon?
Hindi nga ba sa kanila na mga nagkasala, na ang kanilang mga
labi ay nabuwal sa ilang? 18At sa kanino siya sumumpa na hindi
sila makapasok sa kaniyang kapahingahan, kundi sa kanila
na hindi sumampalataya? 19Kaya nakikita natin na hindi sila
nakapasok dahil sa hindi pagsampalataya.

Ang Kapahingahang mula sa Diyos

4 Kaya yamang may iniiwanang pangako sa atin upang
makapasok sa kaniyang kapahingahan, dapat tayong
matakot baka ang sinuman sa inyo ay mag-isip na hindi
makaabot. 2Sapagkat ang ebanghelyong ipinangaral na rin sa
atin ay iyon din ang ipinangaral sa kanila, ngunit ang salitang
ipinangaral ay hindi nila pinakinabangan sapagkat ang mga
nakarinig ay hindi ito sinamahan ng pananampalataya. 3Dahil
tayo na mga sumasampalataya ay pumapasok sa kapahingahan,
ayon sa kaniyang sinabi, “Kagaya ng aking isinumpa sa aking
pagkapoot, ‘Sila ay hindi papasok sa aking kapahingahan,’ ”

Awi 95:11

bagaman ang mga gawa mula sa pagkatatag ng sanlibutan ay
natapos na, 4sapagkat sa isang dako ay nagsalita siya ng ganito
patungkol sa ikapitong araw, “At sa ikapitong araw, ang Diyos
ay nagpahinga sa lahat ng kaniyang mga gawa.”

Gen 2:2

5At muli, sa dakong ito, “Sila ay hindi papasok sa aking
kapahingahan.”

Awi 95:11

6Kaya yamang nananatili para sa iba upang makapasok
doon, at sila na naunang nakarinig ng ebanghelyo ay hindi
nakapasok dahil sa pagsuway, 7muli, siya ay nagtakda ng
isang araw, na sinabi sa pamamagitan ni David, “Ngayon,”
pagkatapos ng matagal na panahon ayon sa naipahayag na
noong una, “Ngayon, kapag marinig ninyo ang kaniyang tinig,
huwag ninyong pagmatigasin ang inyong mga puso.”

Awi 95:7-8

8Sapagkat kung si Josue ay nagbigay sa kanila ng
kapahingahan, siya ay hindi na sana nagsalita ng iba

3:17 1Co 10:5
3:19 Jua 3:36
4:1 1Te 2:13
4:6 Col 2:16-17

pang araw, pagkatapos ng mga ito. **9** Kaya mayroon pang
nanatiling isang kapahingahan para sa bayan ng Diyos
10 sapagkat siya na pumasok sa kaniyang kapahingahan, siya
rin ay nagpahinga sa kaniyang mga gawa kung paanong ang
Diyos ay nagpahinga mula sa kaniyang mga gawa.
11 Kaya tayo ay magsikap upang makapasok sa
kapahingahang iyon upang walang sinumang tao ang
mahulog sa ganoon ding halimbawa ng hindi pagsampalataya
12 sapagkat ang salita ng Diyos ay buhay at makapangyarihan
at higit na matalas kaysa sa anumang tabak na may dalawang
talim at tumatagos hanggang sa pagkahiwalay ng kaluluwa
at ng espiritu at ng kasukasuan at ng utak ng buto at
nakakatalos ng mga pag-iisip at ng mga hangarin ng puso.
13 At walang nilikha ang hindi hayag sa kaniyang paningin,
ngunit ang lahat ng mga bagay ay hubad at walang takip sa
paningin niya na sa kaniya ay magbibigay-sulit tayo.

4:10 Pah 14:13
4:12 Mar 4:14; Luc 5:1; Jua 10:35; Gaw 7:38; 12:24; 1Co 14:24-25; Efe 6:17; 1Te 2:13; 2Ti 2:9; 1Pe 1:23; 1Jn 2:14; Pah 1:2,9
4:14 Mat 4:3
4:15 2Co 5:21; Efe 3:12
5:5 Mat 3:17; Jua 8:54

Si Jesus ang Dakilang Pinakapunong Saserdote

14 Kaya dahil tayo ay mayroong isang dakilang
pinakapunong saserdote♦, si Jesus na Anak ng Diyos na siyang
umakyat sa kalangitan, ating mapanghawakang matibay ang
ating paghahayag **15** sapagkat wala tayong pinakapunong
saserdote na walang kakayahang makiramay sa ating mga
kahinaan. Ngunit siya ay sinubok sa lahat ng kaparaanan
katulad natin, subalit siya ay walang kasalanan. **16** Kaya tayo
ay makakalapit na may lakas ng loob sa trono ng biyaya upang
tayo ay makatanggap ng habag at makasumpong ng biyayang
tulong para sa panahon ng pangangailangan.

5 Sapagkat ang bawat pinakapunong saserdote na kinuha
mula sa mga tao ay itinalaga para sa mga tao sa mga bagay
na patungkol sa Diyos upang siya ay maghandog ng mga
kaloob at ng mga hain para sa kasalanan, **2** upang makaya
niyang dumamay sa kanila na mga walang nalalaman at sa
kanila na mga naliligaw yamang siya rin ay nababalutan ng
kahinaan. **3** At dahil dito, kung paanong kailangan niyang
maghandog para sa mga kasalanan ng tao ay gayundin para sa
kaniyang sarili. **4** At walang sinumang tao ang umaangkin ng
karangalang para sa kaniyang sarili kundi siya na tinatawag ng
Diyos katulad din sa pagkatawag kay Aaron.
5 At sa gayong paraan, hindi niluwalhati ni Cristo ang
kaniyang sarili upang maging pinakapunong saserdote,
ngunit ang Diyos ang nagsalita sa kaniya, "Ikaw ay ang aking
Anak, sa araw na ito ay ipinanganak kita."

Awi 2:7

6Kagaya rin ng sinasabi niya sa ibang dako, “Ikaw ay isang
saserdote magpakailanman ayon sa pangkat ni Melquisedec.”
Awi 110:4

7Sa mga araw na si Cristo ay nasa laman, siya ay naghandog
ng mga panalanging-pagdaing at mga panalanging-paghiling
na may malakas na iyak at mga luha sa kaniya na may
kapangyarihan upang siya ay iligtas mula sa kamatayan, at
siya ay pinakinggan dahil siya ay may banal na pagkatakot.
8At kahit na siya ay anak, natutuhan niya ang pagsunod sa
pamamagitan ng mga bagay na kaniyang tiniis. 9At dahil
siya ay naging ganap, siya ang naging may-akda ng walang
hanggang kaligtasan para sa lahat ng mga sumusunod sa
kaniya. 10Siya ang tinawag ng Diyos na pinakapunong
saserdote “ayon sa pangkat ni Melquisedec.”

Babala sa Paglayo sa Pananampalataya

11Kami ay maraming sasabihin patungkol sa kaniya ngunit
mahirap sabihin dahil kayo ay naging tamad sa pakikinig.
12At sapagkat sa panahong kahit kayo ay dapat nang maging
mga guro, muli ninyong kinailangan na turuan kayo kung ano
ang mga pangsaligang-katuruan ng simula ng mga aral ng
Diyos at kayo ay naging katulad ng mga may pangangailangan
ng gatas at hindi ng matigas na pagkain 13dahil ang bawat isang
tumatanggap ng gatas ay hindi sanay sa salita ng katuwiran
sapagkat siya ay isang sanggol. 14Ngunit ang matigas na
pagkain ay para sa kanila na nasa hustong gulang na dahil sa
palagiang-paggawa ay nasanay na ang kanilang pagkakilala ng
mabuti at ng masama.

6 Dahil dito, sa pag-iwan natin ng pasimulang katuruan
patungkol kay Cristo, dapat tayong makasulong patungo
sa pagiging-ganap at pananampalataya sa Diyos, na hindi na
muling inilalagay ang saligan ng pagsisisi mula sa mga patay
na gawa, 2ng katuruan ng mga pagbabawtismo at ng pagpatong
ng mga kamay at ng muling pagkabuhay ng mga patay at ng
paghatol na walang hanggan. 3At ito ang aming gagawin kapag
ipapahintulot ng Diyos.
4Sapagkat hindi maaaring sila, na minsan nang naliwanagan
at nakatikim ng makalangit na kaloob at naging kabahagi ng
Banal na Espiritu 5at nakatikim ng mabuting salita ng Diyos
at ng mga kapangyarihan sa darating na kapanahunan, 6ay
mapapanumbalik sa pagsisisi kung sila ay tumalikod, sapagkat
ang anak ng Diyos ay kanilang muling ipinapako sa krus para
sa kanilang sarili at siya ay inilalagay sa hayag na kahihiyan.
7Dahil ang lupa, na umiinom ng ulan na madalas pumapatak

5:7 Mat 27:46, 50; Mar 14:36; Luc 22:41-44; 23:46
5:8 Flp 2:8
5:12 1Co 3:2; 1Pe 2:2
5:13 1Co 14:20
5:14 1Co 2:6
6:1 Flp 3:12-14
6:2 Jua 3:25; Gaw 2:24; 6:6; 17:18,32
6:3 Gaw 18:21
6:4 Gal 3:2; Efe 2:8
6:6 Mat 4:3; Jua 5:16

sa kaniya at nagpapatubo ng mga pananim na nararapat
sa kanila na sa pamamagitan nila ay nagbubungkal ito, ay
tumatanggap ng pagpapalang mula sa Diyos, 8ngunit kung ito
ay nagpapatubo ng mga tinik at ng mga dawag, ito ay walang
karapatan at nalalapit sa sumpa, na ang wakas nito ay patungo
sa pagsunog.

9Subalit mga minamahal, kung kami man ay nagsasalita
sa gayong paraan, kami ay nakatiyak sa mga mabuting bagay
patungkol sa inyo at sa mga bagay na nauukol sa kaligtasan
10sapagkat ang Diyos ay hindi walang katarungan upang
kaniyang kalimutan ang inyong gawa at ang pagpapagal
ng pag-ibig na inyong ipinakita para sa kaniyang pangalan
nang kayo ay naglingkod at patuloy na naglilingkod sa mga
banal. 11Kaya mahigpit naming hinangad na ang bawat isa
sa inyo ay magpakita ng gayunding pagsisikap patungo sa
lubos na katiyakan ng pag-asa hanggang sa wakas, 12upang
kayo ay hindi maging tamad kundi mga tagatulad niyaong
mga nagmamana ng mga pangako sa pamamagitan ng
pananampalataya at pagtitiis.

6:9 1Co 10:14
6:10 Mat 10:40, 42; 1Te 1:3
6:12 2Te 1:4; San 1:3; Pah 13:10
6:13 Luc 1:73
6:17 Rom 4:16
6:18 Tit 1:2

Ang Tiyak na Pangako ng Diyos

13Sapagkat nang ang Diyos ay nangako kay Abraham, siya
ay sumumpa sa pamamagitan ng kaniyang sarili yamang wala
nang nakahihigit pa na kaniyang mapanumpaan, 14na sinasabi,
"Sa pagpapala ay tiyak na pagpapalain kita at sa pagpaparami
ay pararamihin kita."

Gen 22:17

15At sa ganoong pagtitiyaga ay tinanggap niya ang pangako
16sapagkat ang mga tao ay totoong sumusumpa sa pamamagitan
ng nakahihigit, at ang panunumpa na para sa pagpapatunay
ay ang katapusan ng bawat pagtatalo. 17Dahil dito, ang Diyos
na lalong higit na nagnanais na ipakita ang hindi pagbabago
ng kaniyang layunin sa mga tagapagmana ng pangako, ito ay
pinagtibay sa pamamagitan ng isang panunumpa 18upang sa
pamamagitan ng dalawang bagay na hindi mababago, tayo ay
maaring magkaroon ng matibay na lakas ng loob upang lumapit
para manganlong sa kaniya upang mapanghawakan ang pag-
asang nakalagay sa harapan natin, dahil ang Diyos ay hindi
maaaring magsinungaling.

19Ang pag-asa na ating tinataglay ay katulad ng isang
angkla ng kaluluwa na maaasahan at matatag, at pumapasok
ito sa dakong loob sa kabila ng tabing 20kung saan ay pumasok
alang-alang sa atin ang tagapagpauna, si Jesus na naging
pinakapunong saserdote♦ magpakailanman ayon sa pangkat ni
Melquisedec.

Si Melquisedec na Pinakapunong Saserdote

7 Sapagkat itong si Melquisedec na hari ng Salem* at
saserdote ng kataas-taasang Diyos ang siyang sumalubong
kay Abraham nang siya ay bumalik mula sa pagpatay sa
mga hari, at siya ang nagpala kay Abraham, 2na sa kaniya
rin ibinigay ni Abraham ang ikasampung bahagi ng lahat, na
ang una ngang ibig sabihin ng kaniyang pangalan ay "hari ng
katuwiran," ngunit pagkatapos naman ay hari ng Salem na ang
ibig sabihin ay "hari ng kapayapaan." 3Siya ay walang ama,
walang ina, walang talaan ng mga angkan, ni walang simula ng
mga araw o wakas ng buhay, ngunit siya ay itinulad sa anak ng
Diyos at nananatiling saserdote magpakailanman.

4Ngayon ay inyong pinagmamasdan ang dakilang taong ito,
na kahit si Abraham na ating ninuno ay sa kaniya nagbigay
ng ikapu na nagmula sa mga sinamsam. 5At totoong sila na
nagmula sa mga anak ni Levi, na tinanggap ang pagiging
saserdote, ay may utos upang tumanggap ng ikapu mula sa
mga tao ayon sa kautusan, ito ay sa kanilang mga kapatid,
kahit na sa kanila na nagmula sa balakang ni Abraham.
6Ngunit siya na ang angkan ay hindi nagmula sa kanila ay
tumanggap ng ikapu mula kay Abraham at siya na nagtataglay
ng mga pangako ay kaniyang pinagpala. 7At walang anumang
pagtatalo, ang mas mababa ay pinagpapala sa pamamagitan
niya na nakahihigit. 8At sa dako ngang ito, ang mga taong may
kamatayan ay tumatanggap ng ikapu, ngunit sa kabilang dako,
siya na tumatanggap ng mga ito ay pinatototohanan na siya ay
nabubuhay. 9At upang sabihin ang kagaya sa sinabi, si Levi
rin na siyang tumatanggap ng ikapu ay nagbayad ng ikapu sa
pamamagitan ni Abraham 10sapagkat siya ay nasa balakang pa
ng kaniyang ninuno nang sinalubong siya ni Melquisedec.

Si Jesus ay Katulad ni Melquisedec

11Kaya kung totoong ang pagiging-ganap ay sa pamamagitan
ng pagkasaserdote ng mga Levita (sapagkat sa ilalim nito ay
tinanggap ng bayan ang kautusan) ano pa ang pangangailangan
upang tumindig ang isa pang saserdoteng ayon sa pangkat ni
Melquisedec at hindi ayon sa pagkatawag sa pangkat ni Aaron?
12Dahil nang binago ang pagkasaserdote, kinakailangan ding
magkaroon ng pagbabago sa kautusan 13sapagkat siya na
tinutukoy ng mga bagay na ito ay kabahagi sa ibang lipi, na
mula sa liping ito ay walang sinuman ang nakapaglingkod sa
dambana♦.

14Sapagkat ang ating Panginoon ay malinaw na nagmula

7:1
Mar 5:7
7:3
Mat 4:3
7:4
Gaw 2:29
7:6
Rom 4:13
7:11
Heb 8:7
7:14
Mat 1:3;
Luc 3:33;
Pah 5:5

* **7:1** *Salem*: Salitang Hebreo na ang kahulugan ay "kapayapaan." Noong una, ito ay kinikilala na pangalan para sa Jerusalem (Gen 14:18; Awi 76:2).

sa Juda, na sa liping ito ay walang sinabi si Moises patungkol
sa pagkasaserdote. 15At lalo pa itong naging higit na malinaw
dahil tumindig ang isang saserdote na katulad ni Melquisedec,
16na siyang hindi naging gayon ayon sa kautusan ng makalaman
na utos kundi ayon sa kapangyarihan ng buhay na walang
katapusan 17sapagkat pinatototohanan niya, "Ikaw ay isang
saserdote magpakailanman ayon sa pangkat ni Melquisedec."
Awi 110:4

18Dahil totoong nagkakaroon ng pagpapawalang-saysay
sa naunang utos dahil ito ay mahina at walang pakinabang,
19sapagkat ang kautusan ay walang pinaging-ganap kundi ang
pagdala ng lalong mabuting pag-asa na sa pamamagitan nito ay
lumalapit tayo sa Diyos.

20At yamang hindi walang panunumpa na siya ay
ginawang saserdote, 21sapagkat totoong ang mga ito ay
naging saserdote na walang panunumpa, ngunit siya ay may
panunumpa sa pamamagitan niya na nagsabi sa kaniya, "Ang
Panginoon ay nanumpa at hindi magsisisi, 'Ikaw ay saserdote
magpakailanman ayon sa pangkat ni Melquisedec,' "
Awi 110:4

22sa pamamagitan nito, si Jesus ang naging katiyakan ng lalong
mabuting tipan♦.

23At totoong marami sila na naging mga saserdote na dahil
sa kamatayan ay nahadlangang magpatuloy, 24ngunit dahil
ang taong ito ay nananatili magpakailanman, siya ay may
pagkasaserdoteng hindi nagbabago. 25Dahil dito, siya naman
ay may kakayahan na iligtas ng lubusan yaong mga lumalapit
sa Diyos sa pamamagitan niya dahil siya ay nabubuhay
magpakailanman upang mamagitan para sa kanila.

26Sapagkat nararapat sa atin ang ganitong pinakapunong
saserdote♦ na banal, na walang dungis, na hiwalay sa mga
makasalanan at ginawang higit na mataas kaysa sa kalangitan.
27Siya ay hindi katulad ng mga pinakapunong saserdote na
kailangang maghandog ng mga hain araw-araw, una para sa
kaniyang sariling mga kasalanan at pagkatapos ay para sa
mga kasalanan ng bayan, dahil ito ay kaniyang minsanang
ginawa nang inihandog niya ang kaniyang sarili. 28Sapagkat
ang kautusan ay nagtatalaga ng mga pinakapunong saserdote
na mga taong may kahinaan, ngunit ang salita ng panunumpa
pagkatapos ng kautusan ay nagtalaga sa Anak na pinaging-
ganap magpakailanman.

Si Jesus ang Pinakapunong Saserdote

8 Ngayon, ito ang pinakamahalaga sa mga bagay na sinasabi:
Tayo ay mayroong gayong pinakapunong saserdote

7:18 Rom 8:3
7:19 Rom 3:20; Gal 3:21
7:21 Rom 11:29
7:22 Luc 22:20
7:25 Rom 8:34; 11:14
7:26 2Co 5:21
7:27 Efe 5:2; 1Pe 3:18
7:28 Heb 1:2; 2:10; 5:2
8:1 Mar 16:19

na nakaupo sa bahaging kanan ng trono ng Kataastasang
Kamahalan sa kalangitan, 2isang tagapaglingkod sa banal na
dako at tunay na tabernakulo na itinayo ng Panginoon at hindi
ng tao.
3Sapagkat ang bawat pinakapunong saserdote ay
itinatalaga upang maghandog ng mga kaloob at mga hain
kaya kinakailangan na ang pinakapunong saserdoteng ito ay
magkaroon din ng maihandog. 4Dahil kung siya nga ay naririto
sa lupa, kailanman ay hindi siya magiging saserdote sapagkat
may mga saserderdoteng naghahandog ng mga kaloob ayon
sa kautusan, 5na mga naglilingkod sa halimbawa at anino
ng makalangit na mga bagay kung paanong si Moises ay
pinagtagubilinan ng Diyos nang malapit na ang pagtayo ng
tabernakulo. Sapagkat sinabi niya, "Tiyakin mo na iyong gawin
ang lahat ayon sa huwarang ipinakita ko sa iyo sa bundok."
Exo 25:40

6Ngunit ngayon si Jesus ay nagtamo ng lalong dakilang
paglilingkod, yamang siya rin ang tagapamagitan ng lalong
mabuting tipan♦ na naitatag sa lalong mabuting mga pangako.
7Sapagkat kung ang unang tipan na iyon ay walang
kapintasan, hindi na sana naghanap pa ng lugar para sa
ikalawa. 8Dahil nakita ng Diyos ang pagkakamali sa kanila,
sinabi niya, "Narito, ang mga araw ay dumarating, sinasabi ng
Panginoon, at aking itatatag ang bagong tipan sa sambahayan
ni Israel at sa sambahayan ni Juda, 9na hindi katulad ng tipan
na aking ginawa sa kanilang mga ninuno nang araw na sila
ay aking inakay sa kamay upang ilabas sa lupain ng Egipto
sapagkat hindi sila nanatili sa aking tipan, kaya pinabayaan
ko sila, sinasabi ng Panginoon. 10Sapagkat ito ang tipan na
aking gagawin sa sambahayan ni Israel pagkaraan ng mga
araw na iyon, sinasabi ng Panginoon: Ilalagay ko ang aking
mga kautusan sa kanilang mga isip at isusulat ko ang mga ito
sa kanilang mga puso, at ako ay magiging Diyos para sa kanila
at sila ay magiging bayan para sa akin. 11At hinding-hindi sila
magtuturo sa kani-kaniyang kapwa at sa kani-kaniyang kapatid,
na sinasabi, 'Kilalanin mo ang Panginoon,' dahil ako ay
makikilala ng lahat, mula sa pinakahamak sa kanila hanggang
sa pinakadakila sa kanila, 12sapagkat ako ay magiging
mahabagin sa kanilang mga kalikuan, at ang kanilang mga
kasalanan at ang kanilang mga hindi pagkilala sa kautusan ay
hindi ko na alalahanin pa kailanman."
Jer 31:31-34

13Nang sinabi niya, "Isang bagong tipan," ang una ay ginawa
na niyang luma, at yaong naluluma at tumatanda ay malapit na
ang paglaho.

8:5 Col 2:17
8:6 Luc 22:20; Gal 3:20
8:8 Luc 22:20
8:10 Rom 11:27; 2Co 3:3
8:11 Jua 6:45
8:13 Luc 22:20; 2Co 5:17

Ang Pagsamba sa Loob ng Tabernakulo

9 Ngayon nga, kahit ang naunang tipan♦ ay nagkaroon ng
mga alituntunin sa pagsamba sa Diyos at panlupang banal
na dako. **2**Sapagkat naitayo ang tabernakulo, ang tinatawag na
banal na dako, kung saan ay nasa unang silid ang kandelero
at ang mesa at ang mga tinapay na handog♦. **3**At sa likuran ng
tabing ay ang ikalawang silid ng tabernakulo, ang tinatawag
na Kabanal-banalang Dako **4**na mayroong isang gintong
dambana♦ ng insenso at kaban♦ ng tipan♦ na ang bawat bahagi
ay nabalutan ng ginto, na kinaroroonan ng sisidlang ginto na
ang nilalaman ay ang manna♦ at ang umusbong na tungkod ni
Aaron at ang mga tapyas na bato ng tipan, **5**at sa ibabaw nito
ay mga kerubin♦ ng kaluwalhatian na lumililim sa luklukan ng
kaawaan*, patungkol sa mga bagay na ito, sa ngayon ay hindi
natin masabi nang isa-isa.

6At nang naihanda ang mga bagay na ito sa ganitong paraan,
ang mga saserdote nga ay palagi nang pumapasok sa unang silid
ng tabernakulo sa pagsasagawa ng mga paglilingkod sa Diyos.
7Ngunit ang pinakapunong saserdote lang ang pumapasok sa
ikalawang silid minsan sa isang taon, na palaging may dalang
dugo na kaniyang inihahandog alang-alang sa kaniyang sarili at
sa mga nagawang kamalian ng bayan na hindi nila nalalaman.
8Sa ganitong paraan ay ipinakita ng Banal na Espiritu na
ang daang patungo sa banal na dako ay hindi pa naihayag
habang nakatayo pa ang unang silid ng tabernakulo **9**na isang
talinghaga para sa kasalukuyang panahon, kung saan ang mga
kaloob at mga hain na inihahandog ay hindi makapagpaging-
ganap ayon sa budhi ng isang naglilingkod sa Diyos, **10**na
nakabatay lamang sa mga pagkain at sa mga inumin at sa iba't
ibang paraan ng paghugas at sa mga alituntunin ng laman na
ipinapatupad sa kanila hanggang sa panahon ng pagbabago.

9:8 Jua 14:6
9:10 Col 2:16
9:11 Jua 2:19
9:12 Rom 3:25

Ang Dugo ni Cristo

11Ngunit nang dumating si Cristo, na pinakapunong
saserdote♦ ng mabuting mga bagay na darating, sa pamamagitan
ng lalong dakila at lalong ganap na tabernakulong hindi
ginawa ng mga kamay na hindi bahagi ng sangnilikhang ito,
12ni hindi sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at ng
mga guya kundi sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo,
siya ay pumasok nang minsanan sa banal na dako pagkatapos
niyang ginanap ang walang hanggang katubusan para sa atin.
13Dahil kung ang dugo ng mga toro at ng mga kambing at ang
abo ng dumalagang baka na iwiniwisik sa mga nadungisan ay

* **9:5** *luklukan ng kaawaan*: Ang takip sa kaban ng tipan na gawa sa ginto kung saan iwiniwisik ang dugo ng pakikipagkasundo.

nagpapaging-banal sa ikalilinis ng laman, 14gaano pa kayang
higit na malilinis ng dugo ni Cristo, na siyang naghandog ng
kaniyang sarili na walang kapintasan sa Diyos sa pamamagitan
ng walang hanggang Espiritu, ang inyong budhi mula sa mga
patay na gawa upang maglingkod sa Diyos na buhay. 15At dahil
dito, siya ang tagapamagitan ng bagong tipan upang sila na
mga tinawag ay makatanggap ng pangako ng walang hanggang
mana dahil sa kaganapan ng kaniyang kamatayan para sa
katubusan ng mga lumabag sa unang tipan.

16Sapagkat kung saan naroroon ang isang tipan, siya na
gumawa ng tipan ay kinakailangang mamatay 17dahil ang tipan
ay may bisa pagkamatay ng mga tao yamang ito ay walang bisa
habang nabubuhay pa ang taong gumawa ng tipan. 18Kaya,
kahit ang unang tipan ay hindi naitalaga na walang dugo.
19Sapagkat nang naipahayag ni Moises sa buong bayan ang
bawat tuntunin ayon sa kautusan, dinala niya ang dugo ng mga
guya at ng mga kambing na may kahalong tubig at ng pulang
balahibo ng tupa at sanga ng hisopo* at winisikan niya mismo
ang aklat ng Kasulatan♦ at ang buong bayan, 20na sinasabi, “Ito
ang dugo ng tipan na iniutos ng Diyos para sa inyo.”
Exo 24:8
21Gayundin naman, winisikan niya ng dugo ang tabernakulo
at lahat ng mga sisidlang ginagamit sa paglilingkod. 22At
ayon sa kautusan, halos ang lahat ng mga bagay ay nalilinis sa
pamamagitan ng dugo at kung walang pagkabuhos ng dugo ay
walang kapatawaran.

23Kaya nga, ang mga halimbawa ng mga bagay sa
kalangitan ay kailangang malinisan ng mga ito, ngunit ang mga
makalangit na bagay mismo ay nililinis ng mga haing lalong
mabuti kaysa sa mga ito. 24Sapagkat si Cristo ay hindi pumasok
sa banal na dako na ginawa ng mga kamay, na mga totoong
larawan niyaong tunay, kundi sa langit mismo upang magpakita
ngayon sa harapan ng Diyos alang-alang sa atin, 25ni hindi
upang ihandog niya ang kaniyang sarili nang madalas kung
paanong ang pinakapunong saserdote ay pumapasok sa banal
na dako sa bawat taon na may dalang dugo ng iba, 26sapagkat
kung gayon ay kinakailangang siya ay maghirap nang madalas
mula sa pagkatatag ng sanlibutan. Ngunit ngayon ay minsan
lamang siyang nagpakita sa katapusan ng kapanahunan
para sa pagpawalang-saysay ng kasalanan sa pamamagitan
ng paghahandog ng kaniyang sarili. 27At kung paanong
itinakda sa mga tao ang minsang mamatay at pagkatapos
nito ay ang kahatulan, 28sa gayunding paraan si Cristo na

9:14
Mat 16:16;
Efe 5:2;
Tit 2:14;
1Pe 3:18
9:15
Luc 22:20;
Gaw
20:32;
Rom 8:28;
Gal 3:20
9:20
Mat 26:28
9:24
Rom 8:34
9:26
1Jn 3:5
9:27
2Co 5:10;
Pah 20:12
9:28
Mat 16:27;
1Co 1:7;
1Pe 2:24

* **9:19** *hisopo*: Ito ay isang punong mababa na may mga dahong mabango.

walang kasalanan, nang minsang inihandog upang batahin
ang mga kasalanan ng marami sa ikalawang pagkakataon, ay
magpapakita sa kanila na mga naghihintay na may pananabik
sa kaniya para sa kaligtasan.

Ang Minsanang Hain ni Cristo

10 Dahil ang kautusan, na may isang anino ng mabubuting
bagay na darating at hindi mismo ang wangis ng mga
bagay, ay hindi kailanman nakapagpaging-ganap sa kanila na
lumalapit at patuloy na naghahandog ng gayunding mga hain
bawat taon. **2** Yamang gayon, hindi ba dapat itinigil na ang
paghahandog sa mga ito? Sapagkat sila na mga naglilingkod sa
Diyos na nalinis nang minsan ay wala nang pagkabagabag pa
ng mga kasalanan, **3** ngunit sa pamamagitan ng mga haing iyon
sa bawat taon ay ang pag-alaala ng mga kasalanan **4** sapagkat
ang dugo ng mga toro at ng mga kambing ay hindi makakayang
mag-alis ng mga kasalanan.

5 Dahil dito, nang dumating siya sa sanlibutan ay sinabi niya,
"Hindi mo ibig ang hain at handog, ngunit ikaw ay naghanda ng
katawan para sa akin. **6** Hindi ka nalugod sa mga susunuging-
handog at sa hain para sa mga kasalanan. **7** Pagkatapos nito ay
sinabi ko, 'Narito, ako ay dumarating (sa balumbon♦ ng aklat na
nasusulat patungkol sa akin) upang gawin ang iyong kalooban,
O Diyos.' "

Awi 40:6-8

8 Sa itaas ay kaniyang sinabi, "Ang hain at handog, ang mga
susunuging-handog at hain para sa kasalanan ay hindi mo ibig
at hindi mo kinalugdan" (na inihahandog ayon sa kautusan),
9 pagkatapos ay sinabi niya, "Tingnan mo, ako ay dumarating
upang gawin ang iyong kalooban, O Diyos." Inaalis niya ang
una upang maitatag niya ang ikalawa. **10** Sa pamamagitan ng
kaloobang iyon ay pinaging-banal tayo sa pamamagitan ng
minsanang paghandog ng katawan ni Jesu-Cristo.

11 At ang bawat saserdote nga ay tumatayo araw-araw sa
paglilingkod at sa palagiang paghahandog ng gayunding mga
hain na kailanman ay hindi makakayang mag-alis ng mga
kasalanan. **12** Ngunit si Cristo, pagkatapos siyang maghandog
ng isang hain magpakailanman para sa mga kasalanan, ay
umupo sa bahaging kanan ng Diyos. **13** Mula sa panahong
iyon, siya ay naghihintay hanggang sa ang kaniyang mga
kaaway ay mailagay na tuntungan ng kaniyang mga paa. **14** At
sa pamamagitan ng isang handog ay kaniyang pinaging-ganap
magpakailanman yaong mga pinapaging-banal.

15 At ang Banal na Espiritu rin ang nagpatotoo sa atin,
sapagkat pagkatapos niyang sabihin noong una,

10:1 Col 2:17
10:5 1Pe 2:24
10:7 Mat 26:39
10:8 Mar 12:33
10:10 Efe 5:26; 1Pe 2:24
10:12 Mar 16:19
10:14 Efe 5:26

16 "Ito ang tipan♦ na aking gagawin sa kanila pagkatapos
ng mga araw na iyon, sinasabi ng Panginoon, ilalagay ko ang
aking mga kautusan sa kanilang mga puso at isusulat ko ang
mga ito sa kanilang mga kaisipan,"

Jer 31:33

17 at "Ang kanilang mga kasalanan at ang kanilang mga hindi
pagkilala sa kautusan ay hindi ko na aalalahanin pa."

Jer 31:34

18 Ngunit kung saan may kapatawaran, ang mga ito ay hindi na
kailangan pa ng handog para sa kasalanan.

Huwag Tayong Magpabaya

19 Kaya mga kapatid, dahil tayo ay mayroong lakas ng
loob sa pagpasok sa banal na dako sa pamamagitan ng dugo
ni Jesus 20 na kaniyang itinalaga para sa atin na isang bago at
buhay na daan sa pamamagitan ng tabing, na ito ay kaniyang
katawan, 21 at mayroong dakilang saserdote sa bahay ng Diyos,
22 tayo ay maaring lumapit na may matapat na puso sa lubos na
katiyakan ng pananampalataya, yamang ang ating mga puso
ay nawisikan na sa ikaaalis ng masamang budhi at ang ating
katawan ay nahugasan na ng dalisay na tubig. 23 Tayo ay maaring
manangang matibay sa kapahayagan ng ating pag-asa na walang
pag-aalinlangan sapagkat siya na nangako ay matapat, 24 at
maaari nating isaalang-alang ang isa't isa sa pagpapalakas ng
loob sa pag-ibig at sa mga mababuting gawa 25 sa hindi natin
pagpapabaya ng ating pagtitipon ayon sa kaugalian ng ilan, sa
halip ay pasiglahin ninyo ang isa't isa, at lalong higit pa, yamang
inyong nakikita na ang Araw ay papalapit na.

26 Sapagkat kung sinasadya ang ating pagkakasala pagkatapos
nating tanggapin ang lubos na kaalaman ng katotohanan, wala nang
natitira pang hain para sa mga kasalanan 27 kundi ang isang kakila-
kilabot na paghihintay ng paghuhukom at ang nagngangalit na apoy
na siyang tutupok sa mga kaaway. 28 Ang sinumang tumanggi sa
kautusan ni Moises ay mamamatay na walang kaawaan ayon sa
patotoo ng dalawa o tatlong saksi. 29 Gaano kayang higit na parusa
ang iniisip ninyo na maging karapat-dapat sa isang tao na yumurak
sa Anak ng Diyos at itinuring niya na marumi ang dugo ng tipan
na nagpabanal sa kaniya, at inalipusta niya ang Espiritu ng biyaya?
30 Sapagkat kilala natin siya na nagsabi,

"Sa akin ang paghihiganti, ako ang gaganti,"

Deu 32:35

sabi ng Panginoon. At muli, sinabi niya,

"Ang Panginoon ang hahatol sa kaniyang bayan."

Deu 32:36; Awi 135:14

10:19 Efe 2:18; 3:12
10:22 Gaw 22:16; Efe 3:12; Heb 9:14; 1Pe 1:2
10:23 1Co 1:9
10:24 Tit 2:14
10:25 Gaw 2:42; 1Co 3:13
10:26 1Ti 2:4; 2Pe 2:20
10:27 2Te 1:7
10:28 Mat 18:16
10:29 Mat 4:3; 26:28; 1Co 6:11; Efe 4:30; Pah 1:5

31 Kakila-kilabot ang bumagsak sa mga kamay ng Diyos na
buhay.
32 Ngunit alalahanin ninyo ang mga araw na lumipas, na
sa mga iyon ay nagtiis kayo ng matinding pakikibaka sa
mga paghihirap pagkatapos na kayo ay maliwanagan. 33 Sa
isang dako, habang kayo ay ginagawang panoorin sa mga
pangungutya at sa mga paghihirap, at sa isang dako naman,
habang kayo ay naging kabahagi ng mga namumuhay sa
gayong paraan. 34 Ito ay sapagkat kayo rin ay dumamay sa
aking mga pagkabilanggo at tinanggap ninyong may kagalakan
ang pagkamkam ng inyong mga ari-arian, yamang nalalaman
ninyo na sa kalangitan ay mayroon kayong lalong mabuting ari-
arian at nananatili. 35 Kaya huwag ninyong itakwil ang inyong
pagtitiwala na may dakilang gantimpala 36 sapagkat kailangan
ninyo ng pagtitiis upang pagkatapos ninyong isagawa ang
kalooban ng Diyos ay matanggap ninyo ang pangako, 37 "Dahil
sandaling-sandali na lamang at siya na paparito ay darating at
hindi maipagpapaliban. 38 Ngayon, ang matuwid ay mabubuhay
sa pananampalataya, at kapag siya ay tatalikod, ang aking
kaluluwa ay hindi malulugod sa kaniya."

Hab 2:3-4

39 Ngunit hindi tayo kabilang sa mga tumalikod patungo
sa kapahamakan kundi kabilang sa mga sumasampalataya
patungo sa ikaliligtas ng kaluluwa.

10:31 Mat 16:16; 2Co 5:11
10:32 Flp 1:29-30
10:33 1Co 4:9; Flp 4:14; 1Te 2:14
10:34 1Pe 1:4-5
10:35 Efe 3:12
10:36 Rom 5:3; San 1:3-4, 12; 2Pe 1:6
10:37 Mat 11:3; Pah 22:20
10:38 Rom 1:27; Gal 3:11; Heb 2:3-4

Ang Pananampalataya

11:1 2Co 4:18
11:3 Jua 1:3; 2Pe 3:5
11:4 1Jn 3:12

11 Ngayon, ang pananampalataya ay ang katiyakan
ng mga bagay na inaasahan, ang katibayan ng mga
bagay na hindi nakikita 2 sapagkat sa pamamagitan nito ay
tumanggap ng patotoo ang matatanda.
3 Sa pamamagitan ng pananampalataya, nauunawaan natin
na ang sansinukob ay nilikha sa pamamagitan ng salita ng
Diyos upang ang mga bagay na nakikita ay nagmula sa mga
bagay na hindi nakikita.
4 Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Abel ay
naghandog sa Diyos ng lalong mabuting hain kaysa sa hain ni
Cain, na sa pamamagitan nito ay tumanggap siya ng patotoo
na siya ay matuwid. Ang Diyos ang nagpatotoo patungkol sa
kaniyang mga kaloob at sa pamamagitan nito ay nagsasalita pa
siya bagaman siya ay namatay na.
5 Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Enoc ay dinalang
paitaas upang siya ay hindi makaranas ng kamatayan "at hindi
natagpuan dahil siya ay dinala ng Diyos paitaas,"

Gen 5:24

sapagkat bago ang pagdala sa kaniya paitaas, siya ay tumanggap

ng patotoo na siya ay nagbigay-lugod sa Diyos. 6Ngunit, kung
walang pananampalataya hindi maaaring makapagbigay-lugod
sa Diyos. Sapagkat siya na lumalapit sa Diyos ay kinakailangang
sumampalataya na siya nga at siya ang tagapagbigay ng
gantimpala sa kanila na masikap na naghahanap sa kaniya.

7Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noe, na binigyang
babala ng Diyos patungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita,
ay may banal na pagkatakot na gumawa ng isang arka para sa
kaligtasan ng kaniyang sambahayan. Sa pamamagitan nito ay
hinatulan niya ang sanlibutan at siya ay naging tagapagmana ng
katuwirang ayon sa pananampalataya.

8Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Abraham ay
sumunod nang siya ay tinawag upang umalis patungo sa isang
dako na malapit na niyang tanggapin bilang mana, at siya ay
umalis bagaman hindi niya nalalaman kung saan siya pupunta.
9Sa pamamagitan ng pananampalataya, siya ay namuhay sa
lupang pangako katulad ng dayuhan na nanirahan sa mga tolda,
kasama sina Isaac at Jacob na tagapagmana ng gayunding
pangako, 10sapagkat siya ay naghihintay ng isang lungsod na may
mga saligan, na ang nagbalangkas at nagtayo ay ang Diyos.

11Sa pamamagitan ng pananampalataya, kahit si Sara mismo ay
tumanggap ng kakayahang magdalang-tao, at nanganak na lagpas
na sa gulang sapagkat ibinilang niya na yaong nangako sa kaniya
ay matapat. 12Kaya mula naman sa isang lalaki na itinulad sa isang
patay ay isinilang ang mga ito na napakarami katulad ng mga bituin
sa langit at hindi mabilang katulad ng buhangin sa tabing-dagat.

13Silang lahat ay namatay na may pananampalataya na hindi
tinanggap ang mga pangako, ngunit natanaw nila ang mga ito
mula sa malayo, at nahikayat sila at malugod nilang tinanggap at
ipinahayag nila na sila ay mga dayuhan at mga manlalakbay sa
daigdig. 14Sapagkat sila na nagsasalita ng ganitong mga bagay
ay nagpapakilala na sila ay naghahangad ng sariling bansa. 15At
kung inaalala nga nila ang bayan na kanilang pinanggalingan,
sila ay maaaring magkaroon ng pagkakataong bumalik. 16Ngunit
ngayon, ang hinahangad nila ay lalong mabuti. Dahil dito, ang
Diyos ay hindi nahihiya na tawaging kanilang Diyos sapagkat siya
ay naghanda ng isang lungsod para sa kanila.

17Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Isaac ay inihandog
ni Abraham nang siya ay sinubok, at siya na tumanggap ng mga
pangako ay inihandog ang kaniyang tanging anak, 18na sa kaniya
ay sinabi, "Kay Isaac ay tatawagin ang iyong binhi,"

Gen 21:12

19sapagkat itinuring din niya na ang Diyos ay may kakayahang
magbangon ng mga patay, na mula rin dito, siya ay muli niyang
tinanggap sa talinghaga.

11:7 Rom 9:30; 1Pe 3:20
11:8 Gaw 7:2-4
11:9 Gaw 7:5
11:10 Pah 21:2,14
11:11 1Co 1:9
11:12 Rom 4:19
11:13 Mat 13:17; Flp 3:20; 1Pe 2:11
11:16 Mar 8:38; 2Ti 4:18
11:17 San 2:21
11:18 Rom 9:7
11:19 Jua 5:21; Rom 4:21

20 Sa pamamagitan ng pananampalataya ay pinagpala ni
Isaac sina Jacob at Esau patungkol sa mga bagay na malapit
nang dumating.
21 Sa pamamagitan ng pananampalataya ay pinagpala ni
Jacob ang bawat anak ni Jose nang siya ay mamamatay na, at
siya ay sumamba na nakatungo ang ulo sa dulo ng kaniyang
tungkod.
22 Sa pamamagitan ng pananampalataya, nang si Jose ay
mamamatay na, inalala niya ang patungkol sa paglabas ng mga
anak ni Israel mula sa Egipto at siya ay naghabilin patungkol sa
kaniyang mga buto.
23 Sa pamamagitan ng pananampalataya, nang si Moises ay
ipinanganak, siya ay itinago ng kaniyang mga magulang sa loob
ng tatlong buwan sapagkat kanilang nakita na siya ay kaaya-
ayang bata at sila ay hindi natakot sa utos ng hari.
24 Sa pamamagitan ng pananampalataya, nang si Moises
ay lumaki na, siya ay tumanggi na tawaging anak ng
babaing anak ni Paraon. **25** Higit niyang pinili na dumanas ng
kalupitan kasama ng mga tao ng Diyos kaysa magkaroon ng
pansamantalang kasiyahang dulot ng kasalanan. **26** Itinuring
niya na higit na malaking kayamanan ang kahihiyan kay Cristo
kaysa sa kayamanan sa Egipto sapagkat ibinaling niya ang
kaniyang paningin sa gantimpalang ipagkakaloob.
27 Sa pamamagitan ng pananampalataya ay kaniyang iniwan
ang Egipto nang walang pagkatakot sa poot ng hari sapagkat
matatag siya dahil nakikita niya yaong hindi nakikita. **28** Sa
pamamagitan ng pananampalataya ay ginanap niya ang
Paglagpas♦ at ang pagwisik ng dugo upang hindi sila maaring
galawin niyaong namumuksa ng mga panganay.
29 Sa pamamagitan ng pananampalataya ay tumawid sila sa
Pulang Dagat katulad ng pagtawid sa tuyong lupa. Nang ito ay
sinubukang gawin ng mga taga-Egipto, sila ay nalunod.
30 Sa pamamagitan ng pananampalataya, ang mga pader ng Jerico
ay bumagsak pagkatapos nilang ikutan ang mga ito sa loob ng pitong
araw. **31** Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Rahab na patutot
ay hindi napahamak na kasama niyaong mga hindi sumampalataya
dahil tinanggap niyang may kapayapaan ang mga tiktik.
32 Ano pa ang dapat kong sabihin? Sapagkat ang panahon ay
magiging kulang kung ako ay magsasalaysay patungkol kina
Gideon at Barak, gayundin kina Samson at Jefta, gayundin kina
David at Samuel at sa mga propeta, **33** na sa pamamagitan ng
pananampalataya ay nalupig nila ang mga kaharian, gumawa ng
katuwiran, tumanggap ng mga pangako, pinatigil ang mga bibig ng
mga leon, **34** pinatay ang kapangyarihan ng apoy, tumakas sa mga
talim ng tabak, pinalakas mula sa kahinaan, naging matapang sa

11:24 Rom 2:10
11:26 Luc 14:33
11:28 1Co 10:10
11:31 San 2:25

digmaan at pinatakas ang mga hukbo ng dayuhan. 35Tinanggap
ng mga kababaihan ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng
muling pagkabuhay. Ang iba ay pinahirapan dahil tinanggihan
nila ang paglaya upang kanilang makamtan ang lalong mabuting
muling pagkabuhay. 36At ang iba ay tumanggap ng pagsubok ng
malupit na mga pangungutya at ng mga paghagupit at lalo pa ng
mga pagkagapos at ng pagkabilanggo. 37Sila ay binato, sila ay
nilagari, sila ay sinubok, sila ay pinatay sa pamamagitan ng tabak
at sila ay nagpagala-gala na ang suot ay mga balat ng tupa at mga
balat ng kambing, sila ay naging kapos, sila ay pinahirapan at sila ay
pinagmalupitan 38na ang sanlibutan ay hindi karapat-dapat para sa
kanila. Sila ay nagpagala-gala sa mga ilang at sa mga bundok at sa
mga kuweba at sa mga lungga sa lupa.

39Bagaman ang lahat ng mga ito ay tumanggap ng mabuting
patotoo sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi nila
natanggap ang pangako 40sapagkat ang Diyos ay nagkaloob ng
lalong mabuting bagay para sa atin upang sila ay hindi maging
ganap na hiwalay sa atin.

Itinutuwid ng Diyos ang Kaniyang mga Anak

12 Kaya dahil tayo naman ay napapalibutan ng gayong
kakapal na ulap ng mga saksi, itabi na natin ang bawat
pabigat at ang kasalanang napakadaling kumubkob sa atin,
at maari na nating takbuhin na may pagtitiis ang takbuhing
inilaan sa harapan natin 2sa pagtuon ng ating paningin
kay Jesus na pasimula at tagapagpaging-ganap ng ating
pananampalataya, na dahil sa kagalakang inilaan sa harapan
niya ay tiniis ang krus sa paghamak ng kahihiyan at umupo sa
bahaging kanan ng trono ng Diyos.

3At isaalang-alang ninyo yaong nagtiis ng gayong pagtatalo
ng mga makasalanan laban sa kaniya upang huwag kayong
manlupaypay tungo sa panghihina ng inyong kaluluwa. 4Hindi pa
kayo humantong sa pagdanak ng dugo sa inyong pakikipagbaka
laban sa kasalanan. 5At nakalimutan na ninyo ng lubusan ang
payo na ipinangaral sa inyo bilang mga anak, "Anak ko, huwag
mong ipagwalang bahala ang pagtutuwid ng Panginoon at huwag
manghina ang iyong loob sa kaniyang pagsasaway 6sapagkat siya
na iniibig ng Panginoon ay kaniyang itinutuwid at pinapalo ang
bawat anak na kaniyang tinatanggap."

Kaw 3:11-12

7Kung kayo ay nagtitiis sa pagtutuwid, ang Diyos ay
nakikitungo sa inyo bilang mga anak. Sapagkat sinong anak ang
hindi itinutuwid ng kaniyang ama? 8Ngunit kung kayo ay walang
pagtutuwid, kung saan ang lahat ay naging kabahagi, kayo nga
ay mga anak sa labas at hindi mga tunay na anak. 9Higit pa nga

11:40
Pah 6:11
12:1
1Co 9:24;
Heb 10:36
12:2
Mar 16:19;
Flp 2:8-9
12:3
Gal 6:9;
Pah 2:3
12:6
Pah 3:19
12:8
1Pe 5:9

rito, tayo ay mayroong mga ama sa laman na nagtutuwid sa
atin at iginagalang natin sila. Hindi ba tayo ay lalo pang dapat
magpasakop sa Ama ng mga espiritu upang tayo ay mabuhay?
10 Sapagkat totoong sila ay nagtutuwid sa atin sa maikling
panahon ayon sa ipinapalagay nilang mabuti sa kanila. Ngunit ang
Diyos ay nagtutuwid para sa ating ikabubuti upang makabahagi
tayo sa kaniyang kabanalan. 11 Subalit ang bawat pagtutuwid nga
sa kasalukuyan ay hindi ipinapalagay na kasiya-siya kundi may
kalungkutan, ngunit pagkatapos ay nagdudulot ito ng mapayapang
bunga ng katuwiran sa kanila na nasanay na sa pagtutuwid.

12 Dahil dito, palakasin ninyo ang mga kamay na nanghihina
at ang mga tuhod na nalumpo, 13 at gumawa kayo ng matutuwid
na landas para sa inyong mga paa upang hindi mailihis ang mga
pilay at maari pang gumaling.

Babala Laban sa Pagtalikod sa Diyos

12:10 2Pe 1:4
12:11 San 3:17-18
12:13 Gal 6:1
12:14 Mat 5:8; Rom 6:22
12:15 Gal 5:4
12:16 1Co 6:18
12:22 Mat 16:16; Gal 4:26; Pah 14:1
12:23 Luc 10:20; Flp 3:12
12:24 Gal 3:20; 1Pe 1:2

14 Sikapin ninyong maabot ang kapayapaan at ang kabanalan sa
lahat ng mga tao dahil walang sinumang makakakita sa Panginoon
kung wala ito. 15 Pakaingatan ninyo ng buong sikap na walang
sinumang hindi makakaabot sa biyaya ng Diyos, na walang
anumang sumisibol na ugat ng sama ng loob na maaaring manggulo
sa inyo at sa pamamagitan nito ay madungisan ang karamihan, 16 na
walang sinumang mapakiapid o mapaglapastangan na katulad ni
Esau na kaniyang ipinagpalit ang kaniyang pagkapanganay para sa
isang kainang pagkain, 17 sapagkat alam na rin ninyo na pagkatapos,
bagaman nang ninais niyang manahin ang pagpapala, siya ay
itinakwil dahil wala siyang natagpuang puwang ng pagsisisi kahit na
ito ay masikap niyang hinanap na may pagluha.

18 Sapagkat hindi kayo nakalapit sa bundok na nahahawakan
at naglalagablab sa apoy, sa kapanglawan, sa kadiliman at sa
unos, 19 at sa tunog ng trumpeta at sa tinig ng mga salita, at
sila na nakarinig ay nagsumamo na huwag nang dagdagan pa
ang mga salita sa kanila. 20 Sapagkat hindi nila makakayanang
dalhin ang iniutos, "At kapag ang isang hayop ay makalapit sa
bundok, ito ay pagbabatuhin o papanain ng sibat."

Exo 19:12-13

21 At ganito kakila-kilabot ang tanawin kaya sinabi ni Moises,
"Ako ay labis na natakot at nanginig."

Deu 9:19

22 Subalit kayo ay nakalapit na sa bundok ng Zion at sa lungsod
ng Diyos na buhay, sa makalangit na Jerusalem at sa hindi
mabilang na mga anghel 23 at sa pangkalahatang pagtitipon at sa
iglesiya ng mga panganay na mga nakatala sa kalangitan, at sa
Diyos na hukom ng lahat at sa mga espiritu ng mga matuwid na
pinaging-ganap, 24 at kay Jesus na siyang tagapamagitan ng isang

bagong tipan♦ at sa dugo na iwinisik na nagpapahayag ng lalong
mababuting bagay kaysa sa dugo ni Abel.
25Mag-ingat kayo na hindi ninyo matanggihan yaong
nagsasalita sapagkat kung sila na tumanggi sa kaniya na
nagsasalita rito sa lupa ay hindi nakatakas, tayong mga tumalikod
sa kaniya na nagsasalita mula sa kalangitan ay lalong higit na
hindi makakatakas, 26na sa kaniyang tinig ay niyanig ang lupa
sa panahong iyon. Ngunit ngayon ay nangako siya na sinasabi,
"Minsan pa ay yayanigin ko hindi lamang ang lupa kundi kahit
ang langit."

Hag 2:6

27At itong salitang, "Minsan pa," ay nangangahulugan ng
pag-alis ng mga bagay na nayayanig, kagaya ng mga bagay na
nagawa na, upang manatili ang mga bagay na hindi nayayanig.
28Kaya yamang tinatanggap natin ang paghaharing
hindi nayayanig, magkaroon nawa tayo ng biyaya nang sa
pamamagitan nito ay makakapaglingkod tayo na kalugod-lugod
sa Diyos, na may paggalang at banal na pagkatakot 29sapagkat
ang ating Diyos ay isang apoy na tumutupok.

Deu 4:24

Pagtatapos na Payo

13 Hayaan ninyong magpatuloy ang pagmamahalan
ng magkakapatid. 2Huwag ninyong kalimutan ang
pagpapatuloy sa mga dayuhan sapagkat sa pamamagitan nito ay
nakapagpatuloy ang iba ng mga anghel nang hindi nalalaman.
3Alalahanin ninyo ang mga bilanggo na waring kayo rin ay
nakabilanggong kasama nila at yaong mga pinagmamalupitan
na waring kayo rin mismo ang pinagmamalupitan sa katawan.
4Ang pag-aasawa ay dapat na marangal sa lahat at ang
higaan ay dapat na walang dungis subalit ang mga mapakiapid
at ang mga mangangalunya ay hahatulan ng Diyos.
5Mamuhay kayo nang walang pag-ibig sa salapi, at nasisiyahan sa
mga bagay sa kasalukuyan sapagkat kaniyang sinabi, "Kailanman
ay hinding-hindi kita iiwan at hinding-hindi kita pababayaan."

Deu 31:6

6Kung kaya buong tiwala nating masasabi, "Ang Panginoon
ang aking tagasaklolo at ako ay hindi matatakot. Ano ang
magagawa ng tao sa akin?"

Awi 118:6

7Alalahanin ninyo sila na mga namumuno sa inyo, sila na
mga nagpahayag sa inyo ng salita ng Diyos, sa pamamagitan ng
pagmamasid ninyo ng bunga ng kanilang pamumuhay. Tularan
ninyo ang kanilang pananampalataya. 8Si Jesu-Cristo ang
siyang hindi nagbabago kahapon at ngayon at magpakailanman.

12:27 1Co 7:31; 1Jn 2:17
12:29 2Te 1:7-8
13:1 Rom 12:10
13:2 Mat 25:35; Rom 12:13
13:3 Mat 25:36; Col 4:18
13:4 1Co 7:38; 1Ti 4:3; Pah 22:15
13:5 Flp 4:11; 1Ti 3:3
13:7 1Co 16:16

9 Huwag kayong padadala sa iba't ibang uri at sa kakaibang
mga katuruan sapagkat mabuti na ang puso ay pinapatibay sa
biyaya, hindi sa mga pagkain na hindi napakinabangan niyaong
mga naging abala sa mga iyon.
10 Tayo ay mayroong dambana kung saan ang mga
naglilingkod sa tabernakulo ay walang karapatang kumain
11 sapagkat ang katawan ng mga hayop, na ang dugo ng mga ito
ay dinadala ng pinakapunong saserdote♦ sa banal na dako para
sa kasalanan, ay sinusunog sa labas ng kampo. 12 Dahil dito,
si Jesus din ay nagdusa sa labas ng tarangkahan ng lungsod
upang kaniyang mapaging-banal ang mga tao sa pamamagitan
ng kaniyang dugo. 13 Kaya ngayon, tayo ay maaring lumapit
sa kaniya sa labas ng kampo na dala-dala ang kaniyang
kahihiyan 14 sapagkat tayo ay walang lungsod na nananatili rito
subalit hinahanap natin ang lungsod na dumarating. 15 Kaya sa
pamamagitan niya, tayo ay patuloy na makakapaghandog ng
papuri sa Diyos na siyang bunga ng mga labi na naghahayag
ng kaniyang pangalan. 16 Ngunit huwag ninyong kalimutan ang
paggawa ng mabuti at ang pakikibahagi sa pagbibigay sapagkat
nalulugod ang Diyos sa mga handog na katulad nito.
17 Sumunod kayo at magpasakop kayo sa kanila na mga
namumuno sa inyo sapagkat sila ang nagbabantay para sa
inyong mga kaluluwa kung paano sila magbibigay-sulit, upang
ito ay kanilang magawa na may kagalakan at walang pagdaing
dahil ito ay hindi kapaki-pakinabang sa inyo.
18 Ipanalangin ninyo kami sapagkat tiyak namin na kami ay
may mabuting budhi na nagnanais mamuhay ng marangal sa lahat
ng mga bagay. 19 At masikap kong isinasamo na gawin ninyo ito
upang ako ay maibalik sa inyo sa lalong madaling panahon.
20 Ngayon, ang Diyos ng kapayapaan, na siyang nagbangon sa
ating Panginoong Jesus mula sa mga patay, ang Dakilang Pastol
ng mga tupa, sa pamamagitan ng dugo ng walang hanggang
tipan♦, 21 kayo nawa ay gawin niyang handa sa bawat mabuting
gawa upang gawin ang kaniyang kalooban, na ginagawa sa
inyo ang kalugod-lugod sa kaniyang harapan sa pamamagitan
ni Jesu-Cristo, na sa kaniya ang kaluwalhatian magpakailan pa
man. Siya nawa.
22 Mga kapatid, ako naman ay sumasamo sa inyo na pagtiisan
ninyo ang salita ng pagsusumamo sapagkat ako ay sumulat
din sa inyo ng kaunting salita. 23 Nalalaman ninyo na ang
ating kapatid na si Timoteo ay napalaya na. Kapag siya ay
makarating kaagad, makikita ko kayo na kasama siya.
24 Batiin ninyo silang lahat na namumuno sa inyo at ang lahat
ng mga banal. Binabati kayo ng mga nasa Italia.
25 Ang biyaya ang sumainyong lahat. Siya nawa.

13:9 Efe 4:14; Col 2:7,16
13:10 1Co 9:13
13:12 Jua 19:17; Efe 5:26
13:18 Gaw 23:1; 1Te 5:25
13:19 Flm 1:22
13:20 Mat 26:28; Jua 10:11; Gaw 2:24; Rom 15:33
13:21 Rom 11:36; 2Co 9:8; Flp 2:13; 1Jn 3:22
13:22 1Pe 5:12
13:23 Gaw 16:1
13:24 Gaw 18:2
13:25 Col 4:18

ANG SULAT NI SANTIAGO

Sumulat: Santiago
Para Kanino: Sa mga mananampalatayang Judio
Taon: A.D. 45-48

Panimulang Salita sa Sulat ni Santiago

Ang ebanghelyo ay nagtagumpay kaagad sa mga Judio sa Jerusalem. Nakatala sa Mga Gawa 2 na sa araw ng Pentecostes ay humigit-kumulang sa 3,000 na mga Judio ang naidagdag sa iglesiya. Ang iglesiya ay patuloy na dumami sa lungsod na iyon bagaman ang mga apostol ay dumanas ng pagmamalupit mula sa mga hindi mananampalatayang pinuno ng mga Judio. Nang namatay si Esteban, ang lahat ng mananampalataya sa iglesiya ng Jerusalem ay nagsimula ding magdanas ng paghihirap dahil sa kanilang pananampalataya. Ang pagmamalupit na ito ang nagdala sa kanila sa iba't ibang lugar sa Judea at Samaria (Gaw 8:1). Sa mga pangyayaring ito, si Santiago ay sumulat mula sa Jerusalem upang palakasin ang loob ng mga mananampalatayang Judio na nagsilikas sa iba't ibang rehiyong ito. Maaring isinulat niya ito ng panahong A.D. 45-48.

Si Santiago ay nakababatang kapatid ni Jesu-Cristo (kay Maria) at kapatid ni Judas (kay Jose at Maria). Si Santiago at ang kaniyang mga kapatid ay hindi kaagad sumampalataya sa Panginoon (Jua 7:5). Gayunpaman, dumating ang pagkakataon na si Santiago ay naging mananampalataya sa Panginoon at nagpakita siya mismo kay Santiago pagkatapos ng muling pagkabuhay (1Co 15:7). Siya ay naghintay kasama ng ibang mga mananampalataya sa pagdating ng Espiritu pagkatapos ng pag-akyat ni Jesus sa langit (Gaw 1:14). Siya ay isa sa mga naging pinuno ng iglesiya sa Jerusalem (Gaw 12:17; 15; Gal 1:19; 2:9).

Hindi nakapagtataka na si Santiago ay sumulat ng sulat na may katangian pang-Judio dahil isa siyang mananampalatayang Judio na nagtuturo sa mga mananampalatayang Judio. Ipinapakita niya na marami sa kaniyang katuruan ay nakabatay sa Lumang Tipan at sa pangangaral ni Jesus doon sa bundok (Mat 5-7). Ang kaniyang pamamaraan ay nahahawig sa pamamaraan ni Jesus dahil gumagamit siya ng mga halimbawa mula kalikasan: sasakyang pandagat na tinutulak ng hangin, damong natutuyo, bulaklak na nalalanta, apoy na hindi naapula, at iba pa. Ang kaniyang aklat ay nahahawig din sa aklat ng mga Kawikaan dahil ito ay nagbibigay ng praktikal na kaalaman para sa araw-araw na pamumuhay. Dapat ipakita ng isang Cristiano ang kaniyang pananampalataya sa pamamagitan ng kaniyang mga gawa. Si Santiago ay nagbibigay ng tagubilin patungkol sa mga pagsubok at mga tukso (kabanatang 1), sa pagmamahalan ng magkakapatid at totoong mabubuting gawa (kabanatang 2), sa pagpipigil ng dila (kabanatang 3), sa pagiging makasanlibutan (kabanatang 4), at sa kayamanan at ilang usapin ng buhay sa iglesiya (kabanatang 5).

Tunay na "ang pananampalatayang walang mga gawa ay patay" (2:20). Ipinapakita ng isang mananampalataya ang kaniyang tunay na pananampalataya sa pamamagitan ng mabubuting gawa pagkatapos niyang maligtas.

Balangkas ng Sulat ni Santiago:

Panimula (*1:1*)
I. Dapat magtiis at unawain ng mananampalataya ang mga pagsubok at mga tukso (*1:2-18*).
II. Dapat makinig at sumunod ang mananampalataya sa Salita ng Diyos (*1:19-27*).
III. Dapat ipamuhay ng mananampalataya nang walang pagtatangi ang kaniyang pananampalataya (*2:1-13*).

IV. Dapat ipakita ng mananampalataya ang kaniyang pananampalataya sa pamamagitan ng kaniyang mga gawa (*2:14-26*).
V. Dapat pigilin ng mananampalataya ang kaniyang dila (*3:1-12*).
VI. Dapat magpakita ng karunungan ang mananampalataya sa kaniyang buhay (*3:13-18*).
VII. Dapat tanggalin ng mananampalataya ang makasanlibutang mga bagay sa kaniyang buhay (*4:1-10*).
VIII. Dapat huwag humatol ang mananampalataya sa kapwa mananampalataya (*4:11-12*).
IX. Dapat ipasakop ng mananampalataya ang kaniyang mga plano sa Diyos (*4:13-17*).
X. Dapat huwag magtiwala ang mayamang mananampalataya sa mga kayamanan (*5:1-6*).
XI. Dapat magtiis ang mananampalataya hanggang sa muling pagdating ng Panginoon (*5:7-11*).
XII. Dapat may sariling katapatan ang mananampalataya (*5:12*).
XIII. Dapat manalangin ang mananampalataya para sa iba (*5:13-18*).
XIV. Dapat tumulong ang mananampalataya sa pagdala sa ibang mananampalataya na bumalik sa katotohanan (*5:19-20*).

1:1 Jua 7:35; Gaw 26:7
1:2 Mat 5:12; Heb 10:34
1:3 Heb 10:36; 1Pe 1:7
1:4 1Co 2:6
1:5 Mat 7:7
1:6 Mat 21:21; Mar 11:24
1:8 2Pe 2:14
1:9 Mat 23:12
1:10 1Co 7:31; 1Pe 1:24
1:11 Mat 20:12

1 Si Santiago, ang alipin ng Diyos at ng Panginoong
Jesu-Cristo, sa labindalawang lipi ng Israel na nasa
pangangalat, pagbati.

Mga Pagsubok at mga Tukso

2 Mga kapatid ko, ituring ninyong buong kagalakan
kapag kayo ay dumanas ng iba't ibang pagsubok **3** yamang
nalalaman ninyo na ang pagiging-subok ng inyong
pananampalataya ay nagbubunga ng pagtitiis. **4** Ngunit
hayaan na ang pagtitiis ay magkaroon ng ganap na paggawa
upang kayo ay maging ganap at lubos na walang anumang
kakulangan. **5** At kung ang sinuman sa inyo ay nagkukulang
ng karunungan, hayaan siyang humiling mula sa Diyos na
siyang nagbibigay nang sagana sa lahat at hindi nanunumbat,
at ito ay ibibigay sa kaniya. **6** Ngunit siya ay hayaang
humiling sa pamamagitan ng pananampalataya na walang
pag-aalinlangan sapagkat siya na nag-aalinlangan ay katulad
ng malakas na alon ng dagat na tinatangay at ipinapadpad
ng hangin, **7** at huwag isipin ng taong iyon na siya ay
tatanggap ng anumang bagay mula sa Panginoon. **8** Ang taong
nagdadalawang-isip ay hindi matatag sa lahat ng kaniyang
mga lakad.

9 Ngunit hayaan na magmapuri ang hamak na kapatid dahil
sa pagtataas sa kaniya, **10** at ang mayaman ay magmapuri sa
kaniyang pagkakababa sapagkat siya ay lilipas katulad ng
bulaklak ng damo, **11** dahil ang araw ay sumisikat na kasabay
ang nakakapasong init at tinutuyo ang damo at ang bulaklak
nito ay nalalagas at sinisira ang kaakit-akit nitong anyo.

Gayundin naman ang mayaman ay malalanta sa kaniyang mga
lakad.
12 Pinagpala ang taong nagtitiis ng pagsubok sapagkat
pagkatapos siyang maging subok, siya ay tatanggap ng putong
ng buhay na ipinangako ng Panginoon sa kanila na umiibig sa
kaniya. 13 Huwag sabihin ng sinuman kapag siya ay tinutukso,
"Ako ay tinutukso ng Diyos" sapagkat ang Diyos ay hindi
matutukso ng masasama at hindi siya nanunukso ng sinuman.
14 Ngunit ang bawat tao ay natutukso kapag siya ay nahihila ng
sarili niyang pagnanasa at siya ay naaakit nito. 15 Pagkatapos
maglihi ang pagnanasa, ito ay nanganganak ng kasalanan at
kapag ang kasalanan ay naisakatuparan, ito ay nagbubunga ng
kamatayan.
16 Minamahal kong mga kapatid, huwag kayong padaya.
17 Ang bawat mabuting pagbibigay at ang bawat ganap
na kaloob ay mula sa itaas at bumababa mula sa Ama ng
kaliwanagan na sa kaniya ay walang pagbabago o anino ng
pagtalikod. 18 Dahil sa sarili niyang kalooban ay ipinanganak
niya tayo sa salita ng katotohanan upang tayo ay maging isang
uri ng mga unang bunga ng kaniyang mga nilikha.

Pakikinig at Pagtupad ng Salita

19 Kung kaya, minamahal kong mga kapatid, hayaan na
ang bawat tao ay maging maagap sa pakikinig at marahan sa
pagsasalita at marahan sa pagkapoot, 20 sapagkat ang poot ng
tao ay hindi nagbubunga ng katuwiran ng Diyos.
21 Dahil dito, hubarin ninyo ang lahat ng karumihan at
ang labis na kasamaan, at sa pamamagitan ng kaamuan ay
tanggapin ninyo ang salitang inihugpong sa inyo na siyang
makakapagligtas ng inyong mga kaluluwa.
22 Ngunit maging mga tagatupad kayo ng salita at hindi
mga tagapakinig lamang na inyong dinadaya ang inyong
mga sarili, 23 sapagkat ang sinumang tagapakinig ng salita
ngunit hindi tagatupad nito, siya ay katulad ng isang tao na
pinagmamasdan ang kaniyang likas na mukha sa salamin
24 sapagkat pinagmasdan niya ang kaniyang sarili pagkatapos
siya ay umalis at kinalimutan kaagad kung anong uri ang
pagkatao niya. 25 Ngunit ang sinumang tumitingin sa ganap na
kautusan ng kalayaan at nananatili rito, at siya ay hindi naging
makakalimuting tagapakinig, sa halip siya ay tagapagsagawa ng
gawain, ang taong ito ay pagpapalain sa kaniyang paggawa.
26 Kung ang sinuman sa inyo ay nag-aakalang siya ay
relihiyoso at hindi pinipigil ang kaniyang dila, sa halip ay
dinadaya niya ang kaniyang puso, ang relihiyon ng taong ito ay
walang kabuluhan. 27 Ang dalisay at walang dungis na relihiyon

1:12 1Co 2:9; 1Pe 3:14
1:15 Rom 6:23
1:16 1Co 6:9
1:18 Jua 1:13; Pah 14:4
1:20 Mat 5:22
1:21 Efe 1:13; 4:22
1:22 Mat 7:21
1:25 Jua 8:32; 13:17; Gal 2:4
1:26 1Pe 3:10
1:27 Mat 25:36; Rom 12:2; 2Pe 1:4

sa harapan ng Diyos at Ama ay ito: ang pagdalaw sa mga ulila
at sa mga babaing balo sa kanilang kahirapan, at ang pag-iingat
sa kaniyang sarili na walang dungis mula sa sanlibutan.

Huwag Magtangi ng Tao

2 Mga kapatid ko, huwag ninyong taglayin na may pagtangi
ng mga tao ang pananampalatayang nasa Panginoong Jesu-
Cristo, na Panginoon ng kaluwalhatian. **2**Sapagkat kapag may
isang taong papasok sa inyong kapulungan na may gintong
singsing at may marangyang kasuotan, at mayroon ding isang
taong dukha na papasok na may maruming kasuotan, **3**at
inyong titingnan yaong may marangyang kasuotan at sasabihin
sa kaniya, "Maupo ka rito sa magandang upuan" ngunit sa
taong dukha ay sasabihin mo, "Tumayo ka roon" o "Maupo
ka rito sa tabi ng tuntungan ng aking paa," **4**hindi ba kayo
nagtatangi sa inyong mga sarili at naging mga tagapaghatol na
may masasamang kaisipan?

2:1 Gaw 7:2; 10:34
2:4 Jua 7:24
2:5 Mat 25:34; Luc 12:21; Pah 2:9
2:6 Gaw 8:3; 1Co 11:22
2:8 Mat 5:43
2:10 Mat 5:19; Gal 3:10
2:12 Mat 16:27
2:13 Mat 5:7; Luc 6:37

5Minamahal kong mga kapatid, makinig kayo. Hindi ba
pinili ng Diyos ang mga dukha sa sanlibutang ito na mayaman
sa pananampalataya at tagapagmana ng kahariang ipinangako
niya sa kanila na umiibig sa kaniya? **6**Ngunit ang dukha ay
hinamak ninyo. Hindi ba ang mayayaman ang umaapi sa inyo
at sila ang mga kumakaladkad sa inyo sa mga hukuman?
7Hindi ba sila ang lumalapastangan sa mabuting pangalan na
itinawag sa inyo?

8Gayunpaman, kung tinutupad ninyo ang makaharing
kautusan ayon sa Kasulatan♦, na nagsasabi, "Iibigin mo ang
iyong kapwa katulad ng iyong sarili,"

Lev 19:18

mabuti ang inyong ginagawa. **9**Subalit kung kayo ay nagtatangi
ng mga tao, kayo ay nagkakasala at inilalantad ng kautusan
bilang mga tagapaglabag, **10**sapagkat ang sinumang tumutupad
sa buong kautusan ngunit nagkakasala sa isa ay nagiging
maysala na sa lahat. **11**Dahil siya na nagsasabi,

"Huwag kang makiapid,"

Exo 20:14; Deu 5:18

ay nagsasabi rin,

"Huwag kang pumatay."

Exo 20:13; Deu 5:17

Ngayon, kung ikaw ay hindi nakikiapid ngunit ikaw ay
pumapatay, ikaw ay naging tagapaglabag ng kautusan.
12Magsalita kayo ng gayon at gumawa ng gayon, katulad sa
kanila na hahatulan sa pamamagitan ng kautusan ng kalayaan
13sapagkat ang hatol ay walang habag sa kaniya na nagkait ng
habag at ang habag ay nananaig laban sa paghatol.

Pananampalataya at mga Gawa

14 Mga kapatid ko, ano ang pakinabang kapag sabihin
ng sinuman na siya ay may pananampalataya ngunit wala
siyang mga gawa? Ang pananampalataya bang ito ang
makakapagligtas sa kaniya? 15 At kapag ang isang kapatid
na lalaki o babae ay maging hubad, o maaring magkulang
ng pagkain sa araw-araw, 16 at ang isa sa inyo ay magsabi sa
kanila, "Humayo kayo nang payapa, hayaang kayo ay mainitan
at mabusog," ngunit hindi ninyo ibinibigay sa kanila ang mga
kailangan ng katawan, ano ang pakinabang nito? 17 Gayundin
ang pananampalataya, ito mismo ay patay kapag wala itong
mga gawa.

18 Ngunit may taong magsasabi, "Ikaw ay may
pananampalataya at ako ay may mga gawa." Ipakita mo sa akin
ang iyong pananampalataya na wala ang iyong mga gawa at
ipapakita ko sa iyo ang aking pananampalataya sa pamamagitan
ng aking mga gawa. 19 Ikaw ay sumasampalataya na may
isang Diyos. Mabuti ang iyong ginagawa. Ang mga demonyo
rin ay sumasampalataya at nanginginig. 20 Ngunit ikaw na
taong walang kabuluhan, ninanais mo bang malaman na ang
pananampalatayang walang mga gawa ay patay? 21 Hindi ba ang
ating amang si Abraham ay pinawalang-sala sa pamamagitan
ng mga gawa nang inihandog niya sa dambana♦ ang kaniyang
anak na si Isaac? 22 Nakikita mo ba na ang pananampalataya
ay gumagawang kalakip ng kaniyang mga gawa, at ang
pananampalataya ay naging ganap sa pamamagitan ng mga
gawa? 23 At natupad ang Kasulatan na nagsasabi, "At si
Abraham ay sumampalataya sa Diyos at ito ay ibinilang sa
kaniya na katuwiran"

Gen 15:6

at siya ay tinawag na kaibigan ng Diyos. 24 Kaya ngayon
ay nakikita ninyo na ang tao ay pinapawalang-sala sa
pamamagitan ng mga gawa at hindi sa pamamagitan ng
pananampalataya lamang.

25 Gayundin naman, hindi ba si Rahab na patutot ay
pinawalang-sala sa pamamagitan ng mga gawa, nang tinanggap
niya ang mga sugo at sila ay pinalabas sa ibang daan?

26 Sapagkat kung paanong ang katawang walang espiritu ay
patay, gayundin ang pananampalatayang walang mga gawa ay
patay.

Ang Pagpapaamo ng Dila

3 Mga kapatid ko, huwag maging guro ang marami sa inyo
dahil alam natin na tayo ay tatanggap ng lalong higit na
kahatulan 2 sapagkat tayong lahat ay natitisod sa maraming

2:14 Mat 7:26
2:15 Mat 25:35-36
2:16 Luc 3:11; 1Jn 3:17-18
2:17 Gal 5:6
2:18 Mat 7:16-17; Rom 3:28
2:19 Mat 8:29; Mar 12:24; Luc 4:34; 1Co 8:4-6
2:22 1Te 1:3; Heb 11:17
2:23 Rom 4:3
2:25 Heb 11:31
3:1 Mat 7:1; Rom 2:21; Efe 4:11
3:2 Mat 12:37; Rom 3:9-20; 1Pe 3:10; 1Jn 1:8

paraan. Kung ang sinuman ay hindi natitisod sa salita, ang
taong ito ay ganap at kaya rin niyang pigilin ang buong
katawan. 3Narito, naglalagay tayo ng bokado sa bibig ng
mga kabayo upang sumunod sila sa atin at inililiko natin ang
kanilang buong katawan. 4Narito, maging ang mga barko na
bagaman ang mga ito ay malalaki at itinutulak ng malalakas
na hangin, ang mga ito ay naililiko ng napakaliit na timon saan
man nanaisin ng tagatimon. 5Gayundin naman, ang dila ay
maliit na bahagi ngunit ito ay nagyayabang ng mga dakilang
bagay.

Narito kung paano napapaningas ng maliit na apoy ang
malawak na kagubatan. 6At ang dila ay isang apoy, ang
sanlibutan ng kalikuan. Sa gayong paraan ang dila ay nakasama
sa mga bahagi ng katawan natin na siyang dumudungis sa
buong katawan at pinaliliyab nito ang takbo ng kalikasan at
ito ay pinagliliyab ng impiyerno♦, 7sapagkat ang bawat uri ng
mga hayop at ng mga ibon at ng mga hayop na gumagapang
at ng mga nilalang sa dagat ay napapaamo at napaamo na sa
pamamagitan ng likas ng tao. 8Ngunit walang sinuman ang
nakakapagpaamo sa dila na hindi napipigilan sa kasamaan at
puno ng kamandag na nakakamatay. 9Sa pamamagitan nito ay
pinupuri natin ang Diyos at Ama, at sa pamamagitan nito ay
sinusumpa natin ang mga tao na mga ginawa ayon sa wangis ng
Diyos. 10Sa bibig ding iyon ay lumalabas ang papuri at sumpa.
Mga kapatid ko, ang mga bagay na ito ay hindi dapat maging
ganito. 11Ang bukal ba ay naglalabas ng matamis at ng mapait
na tubig sa isang butas? 12Mga kapatid ko, ang puno ba ng
igos ay makakapamunga ng olivo, o ang puno ba ng ubas ay
makakapamunga ng igos? Sa gayunding paraan, walang bukal
na makapaglabas ng maalat at matamis na tubig.

3:4 Mat 5:22; 15:11
3:8 Rom 3:13
3:9 1Co 11:7
3:12 Mat 7:16
3:13 1Pe 2:12
3:14 2Co 12:20
3:15 1Ti 4:1
3:16 Gal 5:20
3:17 Luc 6:36; Rom 12:9; 1Co 2:6; Heb 12:11

Ang Dalawang Uri ng Karunungan

13Sino sa inyo ang matalino at nakakaunawa? Hayaang
ipakita niya ang kaniyang mga gawa mula sa mabuting
pamumuhay sa pamamagitan ng kaamuan ng karunungan.
14Ngunit kung mayroon kayong mapait na inggitan at
pakikipagtunggali sa inyong puso, huwag kayong magmapuri
at magsinungaling laban sa katotohanan. 15Ang karunungang
ito ay hindi bumababa mula sa itaas kundi ito ay makalupa,
makalaman at mula sa demonyo 16sapagkat kung saan may
inggitan at pakikipagtunggali ay naroroon ang kaguluhan
at lahat ng masamang gawa. 17Ngunit una nga sa lahat,
ang karunungang nagmula sa itaas ay dalisay, pagkatapos
ay mapagpayapa, mahinahon, mapagpasakop, puspos ng
kahabagan at mababuting bunga, walang pagtatangi at walang

pagkukunwari. 18At ang bunga ng katuwiran ay itinatanim sa
kapayapaan sa kanila na gumagawa ng kapayapaan.

Magpasakop sa Diyos

4 Saan nagmula ang mga digmaan at mga pag-aaway-away
sa inyo? Hindi ba ang mga ito ay nagmula sa inyong mga
makalamang pagnanasa na lumalaban sa mga bahagi ng inyong
katawan? 2Kayo ay masidhing nagnanasa ngunit hindi kayo
nagkakaroon. Kayo ay pumapatay at nag-iimbot ngunit hindi
kayo nagkakamit. Kayo ay nag-aaway-away at naglalabanan
ngunit hindi kayo nagkakaroon dahil hindi kayo humihiling.
3Kayo ay humihiling ngunit kayo ay hindi nakakatanggap
dahil masama ang inyong hinihiling upang gamitin ninyo sa
inyong mga layaw. 4Kayong mga lalaking mangangalunya
at mga babaing mangangalunya, hindi ba ninyo alam na
ang pakikipagkaibigan sa sanlibutan ay pakikipag-alitan sa
Diyos? Kaya ang sinumang magnanais na maging kaibigan ng
sanlibutan ay itinatakdang kaaaway ng Diyos. 5O ipinapalagay
ba ninyo na walang kabuluhan itong sinasabi ng Kasulatan♦,
"Ang Espiritung nananahan sa atin ay nananabik na may
paninibugho"?

6Ngunit siya ay nagbibigay ng higit na biyaya kung kaya
sinasabi niya, "Sinasalungat ng Diyos ang mga mapagmataas,
ngunit siya ay nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba."
Kaw 3:34

7Kaya magpasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang
diyablo♦ at siya ay tatakas mula sa inyo. 8Lumapit kayo sa
Diyos at siya ay lalapit sa inyo. Linisin ninyo ang inyong
mga kamay, kayong mga makasalanan, at dalisayin ninyo
ang inyong mga puso, kayong mga nagdadalawang-isip.
9Magdalamhati kayo, magluksa kayo at tumangis kayo. Hayaan
ninyong mapalitan ng pagluluksa ang inyong pagtawa at ng
kalungkutan ang kagalakan. 10Magpakumbaba kayo sa harapan
ng Panginoon at kayo ay kaniyang itataas.

11Mga kapatid, huwag kayong magsalita ng masama laban
sa isa't isa. Ang nagsasalita ng masama laban sa kapatid at
humahatol sa kaniyang kapatid ay nagsasalita ng masama laban
sa kautusan at humahatol sa kautusan. At kung hinahatulan
mo ang kautusan, ikaw ay hindi tagatupad ng kautusan kundi
tagapaghatol. 12Mayroong isang tagapagbigay ng kautusan, siya
ang makakapagligtas at makakalipol. Sino ka na humahatol sa iba?

Huwag Ipagyabang ang Kinabukasan

13Halikayo ngayon, kayong nagsasabi, "Ngayon o kaya
bukas, kami ay pupunta sa gayong lungsod at mananatili

3:18 Mat 5:9; Rom 14:19; Flp 1:11
4:1 Rom 7:23; Tit 3:4
4:2 Mat 5:21-22; 1Jn 3:5
4:3 Mat 7:7; 1Jn 3:22
4:4 Jua 15:19; 1Jn 2:15
4:5 1Co 6:19
4:6 Mat 23:12
4:7 Efe 4:27; 1Pe 5:6-9
4:8 Heb 7:19
4:9 Luc 6:25
4:10 1Pe 5:6
4:11 Mat 7:1; Rom 1:30; 2Co 12:20; 1Pe 2:1
4:12 Mat 7:1; 10:28
4:13 Luc 12:18-20

kami roon ng isang taon at kami ay mamimili at maglalako
at magkakaroon ng tubo," 14yamang hindi ninyo nalalaman
ang kinabukasan. Sapagkat ano ba ang iyong buhay? Ito nga
ay isang singaw na sa maikling sandali ay lumilitaw, ngunit
pagkatapos ay kaagad na naglalaho. 15Sa halip, ito ang dapat
ninyong sabihin, "Kapag niloob ng Panginoon, kami ay
mabubuhay at gagawin namin ito o iyon." 16Ngunit ngayon ay
nagmamalaki kayo sa inyong mga kayabangan. Ang lahat ng
ganitong pagmamalaki ay masama.

17Kaya, siya na nakaalam na ng paggawa ng mabuti at hindi
ito ginagawa, ito ay kasalanan sa kaniya.

Ang Babala sa Mayayaman

4:15 Gaw 18:21
4:16 1Co 5:6
4:17 Luc 12:47; Jua 9:41
5:1 1Ti 6:9
5:2 Mat 6:19-20
5:4 Rom 9:29
5:5 Luc 16:19
5:6 Heb 10:38
5:7 1Co 1:7; Gal 6:9
5:8 Rom 13:11; 1Co 1:7
5:9 Mat 24:33; 1Co 4:5; 1Pe 4:5
5:10 Mat 5:12
5:11 Mat 5:10; Heb 10:36

5 Halikayo ngayon, kayong mayayaman, kayo ay tumangis
at humagulhol dahil ang inyong mga paghihirap ay
dumarating sa inyo. 2Ang inyong mga kayamanan ay bulok na
at ang inyong mga damit ay kinain na ng tanga*. 3Ang inyong
mga ginto at pilak ay kinalawang na at ang kalawang nito ay
magiging patotoo♦ laban sa inyo at siyang kakain sa inyong
mga laman katulad ng apoy. Kayo ay nag-imbak ng kayamanan
para sa mga huling araw. 4Narito, umiiyak ang sahod na
inyong ipinagkait na may pandaraya sa mga manggagawa na
gumapas sa inyong mga bukirin, at ang iyak ng mga gumapas
ay nakarating sa mga pandinig ng Panginoon ng mga hukbo.
5Kayo ay namuhay sa lupang ito sa karangyaan at pagpapasasa,
at binusog ninyo ang inyong mga puso katulad ng sa araw ng
pagkatay. 6Hinatulan ninyo at pinatay ninyo ang taong matuwid
at hindi siya tumututol sa inyo.

Pagtitiis sa Paghihirap

7Kaya mga kapatid, magtiyaga kayo hanggang sa pagdating
ng Panginoon. Narito, ang magsasaka ay naghihintay para sa
mahalagang bunga ng lupa at pinagtitiyagaan niya ito hanggang
sa matanggap niya ang una at ang huling ulan. 8Magtiyaga rin
kayo at patatagin ninyo ang inyong mga puso sapagkat malapit
na ang pagbabalik ng Panginoon.

9Mga kapatid, huwag kayong umangal sa isa't isa upang
hindi kayo mahatulan. Narito, ang hukom ay nakatayo sa
harapan ng mga pintuan. 10Mga kapatid ko, gawin ninyong
halimbawa ang paghihirap at ang pagtitiyaga ng mga propeta
na nangaral sa pangalan ng Panginoon. 11Narito, itinuturing
nating pinagpala yaong mga nagtitiis. Narinig ninyo ang
pagtitiis ni Job at nakita ninyo ang katapusang ginawa ng

*** 5:2** *tanga*: Isang uri ng kulisap na kahawig ng parupru at lumilipad sa gabi.

Panginoon dahil ang Panginoon ay lubhang mahabagin at maawain.

12 Ngunit higit sa lahat, mga kapatid ko, huwag kayong manumpa sa pamamagitan ng langit, o sa pamamagitan ng lupa, o ng iba pang panunumpa. Subalit gawin ninyo ang inyong "Oo" ay "Oo" at ang "Hindi" ay "Hindi" upang hindi kayo mahulog sa kahatulan.

Ang Panalanging may Pananampalataya

13 Mayroon bang nahihirapan sa inyo? Hayaan siyang manalangin. Mayroon bang nagsasaya sa inyo? Hayaan siyang umawit ng papuri. **14** Mayroon bang maysakit sa inyo? Hayaang ipatawag niya ang matatanda sa iglesiya at hayaang sila ay manalangin para sa kaniya at siya ay pahiran ng langis ng olibo sa pangalan ng Panginoon. **15** Ang panalanging may pananampalataya ang magpapagaling sa maysakit at siya ay ibabangon ng Panginoon, at kung siya ay nakagawa ng mga kasalanan, ito ay ipapatawad sa kaniya. **16** Ipahayag ninyo sa isa't isa ang inyong mga pagsalangsang at manalangin kayo para sa isa't isa upang kayo ay gumaling. Ang mataimtim na panalangin ng taong matuwid ay maraming magagawa. **17** Si Elias ay taong may damdaming katulad natin at siya ay taimtim na nanalangin na huwag umulan at hindi umulan sa lupa sa loob ng tatlong taon at anim na buwan. **18** At siya ay muling nanalangin at ang langit ay nagbigay ng ulan at ang lupa ay nagbigay ng bunga nito.

19 Mga kapatid, kung ang sinuman sa inyo ay malihis sa katotohanan at siya ay mapanumbalik ng sinuman, **20** dapat niyang malaman na yaong nagpanumbalik sa isang makasalanan mula sa pagkaligaw ng kaniyang landas ay magliligtas ng isang kaluluwa mula sa kamatayan, at magtatakip ng napakaraming kasalanan.

5:12 Mat 5:34-37
5:13 Col 3:16
5:14 Luc 10:34; Gaw 11:30
5:16 Mat 7:7; Gaw 19:13; Heb 12:13; 1Pe 2:24
5:17 Luc 4:25; Gaw 14:15
5:19 Mat 18:15
5:20 Rom 11:14; 1Pe 4:8

ANG UNANG SULAT NI PEDRO

Sumulat: Pedro
Para Kanino: Sa mga mananamlapatayang nasa hilagang Asya Menor
Taon: A.D. 62-65

Panimulang Salita sa Unang Sulat ni Pedro

Habang ang mga naunang iglesiya ay lumalago at dumadami, ang mga mananampalataya ay dumadanas ng lalong tumitinding pagmamalupit. Ang mga hindi mananampalataya na nasa Imperyo ng Roma ay namumuhi sa mga mananampalataya dahil sa ayaw nilang makiayon sa kaugalian ng Roma (4:3-4). Ang mga pagmamalupit na katulad nito ang nagdala sa kanila sa hilagang mga lalawigan ng Asya Menor: sa Ponto, Galacia, Capadocea, Asya at Bitinia (1:1). Kahit sa rehiyong ito, sila ay nahihirapan dahil sa kanilang kaugnayan kay Cristo (4:14-19) at dahil sa kanilang pagnanais na gumawa ng tama (3:14). Karamihan sa mga tumanggap ng sulat na ito ay maaaring mga Gentil (1:18; 2:10; 4:3, 4), bagaman ang mga Judio ay maaaring kasama rin nila. Ang mga mananampalatayang ito ay nangangailangan ng pagpapalakas ng loob upang magpatuloy sa paggawa ng tama.

Pinili ng Diyos si apostol Pedro upang isulat ito at palakasin ang loob ng mga anak ng Diyos. Si Pedro ay dumanas ng matinding pagmamalupit sa buong panahon ng kaniyang paglilingkod (Gaw 4:3; 5:17-42; 8:1; 12:1-19), kaya nakakapagbigay siya ng mahusay na payo ayon sa itinuro sa kaniya ng Panginoon. Nasaksihan niya ang mga paghihirap at kamatayan ni Jesus at iyon ay ginamit niyang halimbawa upang palakasin ang loob ng mga mananampalatayang ito (1Pe 2:21-25; 3:18-22).

Ito ay isinulat ni Pedro noong huling sampung taon ng kaniyang buhay. Maaaring isinulat niya ito sa pagitan ng A.D. 62 at 65, nang ang pagmamalupit sa mga mananampalataya ay lalong tumitindi.

Si apostol Pedro ay madalas na nagsasalita sa sulat na ito patungkol sa paghihirap (16 na beses), subalit ang biyaya ng Diyos ang kaniyang binibigyang diin sa kaligtasan (1:1-2:10), sa paghihirap (2:11-4:19) at sa paglilingkod (5:1-14). Ang sulat na ito ay nagsasalarawan ng kahanga-hangang pagliligtas ng Diyos (1:1-12) at ang nalalabing bahagi ng sulat ay nag-uutos sa kanila (siya ay nagbigay ng 34 na mga utos) upang mabuhay para sa Diyos dahil sa kanilang dakilang kaligtasan.

Kaya ang sulat na ito ay matibay na nagpapatotoo sa "totoong biyaya ng Diyos" kung saan ang mga mananampalataya ay naninindigan at kailangang magpatuloy na manindigan (5:12). Tanging ang biyaya ng Diyos na nagligtas sa kanila ang makakapagbigay rin ng tagumpay sa gitna ng paghihirap.

Balangkas ng Unang Sulat ni Pedro:

Panimula (*1:1-2*)
I. Tanging ang biyaya ng Diyos sa kaligtasan ang makakagabay sa mananampalataya upang mamuhay ng dalisay (*1:3-2:10*).
II. Tanging ang biyaya ng Diyos sa paghihirap ang makakapagpalakas sa mananampalataya na maghirap sa matuwid na paraan (*2:11-4:19*).
III. Tanging ang biyaya ng Diyos sa paglilingkod ang makakapagturo sa mananampalataya upang maglingkod na may pagpapakumbaba (*5:1-14*).
Pangwakas (*5:14*)

1 Si Pedro, ang apostol ni Jesu-Cristo, sa mga pinili
ng Diyos na mga manlalakbay na nangalat sa Ponto,
Galacia, Cappadocia, Asya at Bitinia, 2 na mga pinili
ayon sa kaalamang-una ng Diyos Ama sa pamamagitan
ng pagpapaging-banal ng Espiritu patungo sa pagsunod
at pagwiwisik ng dugo ni Jesu-Cristo, sumagana nawa sa
inyo ang biyaya at kapayapaan.

Ang Ating Buhay na Pag-asa

3 Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-
Cristo, na ayon sa kaniyang masaganang kahabagan, tayo
ay ipinanganak niyang muli patungo sa buhay na pag-asa
sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo
mula sa mga patay 4 para sa mana na walang kabulukan,
walang dungis at walang kupas na nakalaan sa langit para
sa inyo. 5 At tayo ay iniingatan ng kapangyarihan ng Diyos
sa pamamagitan ng pananampalataya para sa kaligtasang
nakahandang ihayag sa huling panahon.

6 Dahil dito, kayo ay lubos na nagagalak, bagaman
ngayon sa sandaling panahon kung kailangan ay
pinagdalamhati kayo sa pamamagitan ng iba't ibang
pagsubok 7 upang ang pagiging-subok ng inyong
pananampalataya na lalong higit na mahalaga kaysa ginto
na nasisira, bagaman ito ay sinusubok sa pamamagitan ng
apoy, masumpungan para sa kapurihan at karangalan at
kaluwalhatian sa pagpapakita ni Jesu-Cristo 8 na kahit siya
ay hindi ninyo nakita, siya ay inyong iniibig. Bagaman sa
ngayon, siya ay hindi nakikita, kayo ay sumasampalataya
sa kaniya, at kayo ay lubos na nagagalak ng kagalakang
hindi kayang ipaliwanag ng salita at puspos ng
kaluwalhatian 9 dahil tinanggap ninyo ang bunga ng
inyong pananampalataya, ang kaligtasan ng inyong mga
kaluluwa.

10 Patungkol sa kaligtasang ito, ang mga propetang
naghayag patungkol sa biyayang darating sa inyo ay
masikap na naghanap at masikap na nagsiyasat, 11 na
kanilang sinisiyasat kung ano o kung anong panahon
mangyayari ang tinutukoy ng Espiritu ni Cristo na
sumasakanila, nang pinatotohanan nito noong una pa
ang patungkol sa mga paghihirap ni Cristo at ang mga
kaluwalhatian pagkatapos nito. 12 Ito ay ipinahayag sa
kanila, na hindi para sa kanilang sarili kundi para sa atin
na kanilang pinaglilingkuran sa mga bagay na ito, na sa
gayon ay ibinalita sa inyo sa pamamagitan niyaong mga
tagapangaral ng ebanghelyo sa pamamagitan ng Banal na

1:1 Mat 24:22; Gaw 2:9; Heb 11:13; 2Pe 1:1
1:2 Rom 1:7; 8:29; 2Te 2:13; Heb 10:22
1:3 Jua 1:13; 2Co 1:3; Efe 1:3; Tit 3:5; Heb 3:6
1:4 Gaw 20:32; Rom 8:17; Col 1:5; 2Ti 4:8
1:5 Jua 10:28; Rom 11:8-18
1:6 Rom 5:2; San 1:1
1:7 2Co 4:17; 1Te 2:19; San 1:3
1:8 Jua 20:20
1:9 Rom 6:22
1:10 Mat 13:17; 26:24
1:11 Mat 26:24; Gaw 16:7; 2Pe 1:21
1:12 Luc 24:44; Rom 4:24

Espiritu na isinugo mula sa langit, na ang mga anghel♦
ay mahigpit na naghahangad upang mamasdan ang mga
bagay na ito.

Magpakabanal Kayo

13 Dahil dito, bigkisan ninyo ang mga baywang ng inyong
pag-iisip. Magkaroon kayo ng maayos na pag-iisip at lubos
kayong umasa sa biyayang dinadala sa inyo sa pagkahayag
ni Jesu-Cristo. **14** Katulad ng mga masunuring anak, huwag
ninyong iayon ang inyong mga sarili sa dati ninyong masidhing
pagnanasa sa pamamagitan ng kawalan ng pang-unawa.
15 Ngunit kung paanong ang tumawag sa inyo ay banal,
magpakabanal din kayo sa inyong sarili sa lahat ng inyong
pag-uugali **16** sapagkat ito ang nasusulat, "Magpakabanal kayo
sapagkat ako ay banal."

Lev 11:44-45; 19:2

17 At kung tinatawag ninyo ang Ama na siyang humahatol
nang walang pagtatangi ayon sa gawa ng bawat isa, sa panahon
na kayo ay namumuhay bilang dayuhan dito ay mamuhay
kayong may banal na pagkatakot, **18** yamang nalalaman ninyo
na hindi kayo tinubos ng nasisirang mga bagay kagaya ng
pilak at ginto mula sa inyong walang kabuluhang pamumuhay
na minana sa pamamagitan ng tradisyon ng inyong mga
ninuno, **19** kundi ng mahalagang dugo ni Cristo na katulad ng
isang korderong walang kapintasan at walang dungis. **20** Siya
nga ang itinalaga ng Diyos nang una pa bago ang pagkatatag
ng sanlibutan, ngunit nahayag sa mga huling panahong ito
alang-alang sa inyo, **21** na sa pamamagitan niya, kayo ay
sumasampalataya sa Diyos na siyang nagbangon sa kaniya mula
sa mga patay at nagbigay kaluwalhatian sa kaniya upang ang
inyong pananampalataya at pag-asa ay nasa Diyos.

22 Yamang ang inyong mga kaluluwa ay dinalisay na sa
pagsunod sa katotohanan sa pamamagitan ng Espiritu para
sa pag-ibig na walang pagkukunwari ng mga kapatid, kayo
ay mag-ibigan sa isa't isa nang buong ningas, na may malinis
na puso **23** dahil kayo ay ipinanganak nang muli, hindi sa
pamamagitan ng binhing nasisira kundi ng binhing hindi
nasisira, sa pamamagitan ng salita ng Diyos na nabubuhay
at nananatili magpakailanman. **24** Sapagkat "Ang lahat ng tao
ay katulad ng damo at ang lahat ng kaluwalhatian ng tao ay
katulad ng bulaklak ng damo. Ang damo ay natutuyo at ang
bulaklak ay nalalagas, **25** ngunit ang salita ng Panginoon ay
nananatili magpakailanman."

Isa 40:6-8

At ang salitang ito ay ang ebanghelyo na ipinangaral sa inyo.

1:13 Gaw 24:25; 1Co 1:7; Heb 3:6
1:14 Rom 12:21; Efe 4:18
1:15 1Te 4:7; 1Jn 3:3
1:17 Mat 6:9; 16:27; Heb 11:13; 12:28
1:18 Mat 20:28; 1Co 6:20; Gal 4:3
1:19 Jua 1:29; Rom 3:25
1:20 Mat 25:34; Efe 1:4; Heb 9:26
1:21 Rom 4:24; Flp 2:7-9; Heb 2:9; 3:6
1:22 Jua 13:34; Rom 12:10; San 4:8
1:23 Jua 1:13; 3:5; Heb 4:12
1:25 San 1:10

2 Kaya itabi na ninyo ang lahat ng masamang hangarin
at lahat ng pandaraya at mga pagkukunwari at mga
inggitan at lahat ng mga paninirang puri. **2** Katulad ng
mga sanggol na bagong silang, manabik kayo sa dalisay na
gatas ng salita upang sa pamamagitan nito ay lumago kayo
3 yamang naranasan ninyo na ang Panginoon ay mabuti.

Si Cristo ang Batong-panulok

4 Kayo ay lumalapit sa kaniya na siyang batong buhay
na itinakwil nga ng mga tao, ngunit sa Diyos siya ay pinili
at mahalaga. **5** Kayo rin mismo, katulad ng mga batong
buhay, ay isang bahay na espirituwal na itinatatag ng
Diyos, isang pagkasaserdoteng banal upang maghandog
ng mga haing espirituwal na katanggap-tanggap sa Diyos
sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. **6** Dahil din dito, ito ang
sinasabi ng Kasulatan♦, "Narito, inilalagay ko sa Zion ang
pangunahing batong-panulok, pinili at mahalaga. At siya
na sumampalataya sa kaniya ay hindi mapapahiya."

Isa 28:16

7 Kaya sa inyo na mga sumasampalataya, siya ay
mahalaga, ngunit sa kanila na masuwayin, "Ang batong
itinakwil ng mga tagapagtayo ang siyang naging ulo ng
panulok,"

Awi 118:22

8 at "batong ikabubuwal at batong katitisuran."

Isa 8:14

Sila na masuwayin ay natitisod sa salita kung saan sila rin
ay nakatalaga.

9 Ngunit kayo ay isang lahing pinili, isang makaharing
pagkasaserdote, isang bansang banal at bayang pag-aari
ng Diyos upang inyong ipamalita ang kapurihan niyaong
tumawag sa inyo mula sa kadiliman patungo sa kaniyang
kamangha-manghang kaliwanagan, **10** na noong nakaraan,
kayo ay hindi niya bayan ngunit ngayon ay bayan ng
Diyos, na mga hindi nagkamit ng kahabagan ngunit
ngayon ay nagkamit na ng kahabagan.

11 Mga minamahal, bilang mga dayuhan at mga
manlalakbay, isinasamo ko sa inyo na kayo ay lumayo sa
mga pagnanasa ng laman na nakikipaglaban sa kaluluwa
12 sa pamamagitan ng pagkakaroon ninyo ng mabuting
pamumuhay sa gitna ng mga Gentil, upang kahit na sila
ay nagsasalita laban sa inyo na katulad ng mga gumagawa
ng masama ay kanilang pupurihin ang Diyos sa araw
ng kaniyang pagdalaw dahil nakita nila ang inyong
mabubuting gawa.

2:1 Efe 4:22; San 4:11
2:2 1Co 3:2; Efe 4:15-16
2:3 Heb 6:5
2:5 1Co 3:9; Efe 2:20-22; Flp 4:18; Heb 13:15
2:6 Rom 9:32; Efe 2:20
2:7 Gaw 4:11; 2Co 2:16
2:8 Luc 2:34; Rom 9:22
2:9 Gaw 26:18; Tit 2:14
2:10 Rom 9:25-26
2:11 Rom 13:14; 1Co 10:14; Gal 5:16; Heb 11:13; San 4:1
2:12 Mat 9:8; Flp 2:15; Tit 2:8; 1Pe 3:16

Pagpapasakop sa mga Namumuno

13 Kaya magpasakop kayo sa bawat pamamahalang itinatag
ng tao alang-alang sa Panginoon, kung ito man ay sa hari
bilang pinakamataas na pinuno, **14** o kung sa mga gobernador
man bilang kaniyang mga sugo para sa kaparusahan nga
ng mga gumagawa ng masama at karangalan ng mga
gumagawa ng mabuti **15** sapagkat gayon ang kalooban ng
Diyos, na sa pamamagitan ninyo na gumagawa ng mabuti ay
mapapatahimik ninyo ang mga taong mangmang na walang
kaalaman. **16** At bilang mga malaya, huwag ninyong gamitin ang
inyong kalayaan bilang panakip sa masamang hangarin, kundi
magpasakop kayo bilang mga alipin ng Diyos. **17** Igalang ninyo
ang lahat ng mga tao. Ibigin ninyo ang kapatiran. Matakot kayo
sa Diyos. Igalang ninyo ang hari.

18 Mga kasambahay, magpasakop kayo na may buong
pagkatakot sa inyong mga amo, hindi lamang sa mababait at
mahinahon kundi sa mga liko rin **19** sapagkat ito ay kapuri-puri
kung ang sinuman ay nagtitiis ng mga kapighatian dahil sa
kaniyang hindi makatarungang paghihirap dahil sa pagkakilala
sa Diyos. **20** At ano ang kapurihan kung kayo ay pinahihirapan
dahil nagkakasala kayo, ito ay inyong tinitiis? Ngunit kung
kayo ay pinahihirapan dahil gumagawa kayo ng mabuti, ito ay
inyong tinitiis, ito ay katanggap-tanggap sa Diyos **21** sapagkat
kayo ay tinawag para rito dahil si Cristo rin ay naghirap alang-
alang sa atin at nag-iwan sa atin ng halimbawa upang kayo ay
sumunod sa kaniyang mga yapak. **22** "Siya ay hindi nagkasala at
walang natagpuang pandaraya sa kaniyang bibig."

Isa 53:9

23 Bagaman siya ay nilait, siya ay hindi nanlait. Nang siya ay
nahirapan, siya ay hindi nagbanta, sa halip ay ipinagkatiwala
niya ang kaniyang sarili sa kaniya na humahatol ng matuwid.
24 Siya mismo ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang
sariling katawan sa kahoy, upang tayo na mga patay sa
kasalanan ay mabuhay sa katuwiran, at dahil sa kaniyang latay
ay gumaling kayo **25** sapagkat kayo ay katulad ng mga tupang
naliligaw, ngunit ngayon ay nanumbalik kayo sa pastol at
tagapangasiwa ng inyong mga kaluluwa.

Ang Tagubilin sa Mag-asawa

3 Gayundin, mga asawang babae, magpasakop kayo sa
inyong mga asawa upang kung mayroon sa kanila na
masuwayin sa salita ng Diyos, sila ay mahihikayat ng walang
salita sa pamamagitan ng pamumuhay ng asawang babae **2** dahil
nakita nila ang inyong dalisay na pamumuhay na may banal
na pagkatakot. **3** Ang inyong paggayak ay hindi ang panlabas

2:13 Rom 13:1; Tit 3:1
2:14 Rom 13:3-4
2:15 1Pe 3:17
2:16 Jua 8:32; Rom 6:22; Gal 5:13
2:17 Rom 13:7
2:18 Efe 6:5; San 3:17
2:19 1Pe 3:14,17
2:21 Mat 11:29; Rom 8:28; Flp 1:29
2:22 2Co 5:21
2:23 Luc 23:46; Heb 12:3
2:24 Heb 9:28
2:25 Jua 10:11
3:1 1Co 7:16; Efe 5:22
3:3 1Ti 2:9

na paggayak ng pagtitirintas ng buhok at ng pagpapalamuti ng
mga ginto o pagsusuot ng mga mamahaling damit. 4Sa halip
ay gayakan ninyo ang panloob na pagkatao sa inyong puso
ng hindi nasisirang gayak ng maamo at mapayapang espiritu
na lubhang mahalaga sa paningin ng Diyos. 5Sapagkat noong
unang panahon ay sa ganito ring paraan ginayakan ng mga
babaing banal na nagtitiwala sa Diyos ang kanilang mga sarili
sa pamamagitan ng pagpapasakop sa kanilang mga asawa,
6kung paanong si Sara ay sumunod kay Abraham nang siya
ay tinawag niyang panginoon. Kayo ay mga anak niya sa
paggawa ng mabuti at sa pagkawalang-takot ninyo sa anumang
pangamba.

7Gayundin ang mga asawang lalaki, manahan kayong
kasama nila ayon sa kaalaman, ipagkaloob ninyo ang
karangalan sa mga babae katulad ng sa mas mahinang sisidlan
at kung paanong kayo ay kapwa tagapagmana ng biyaya ng
buhay, upang hindi mahadlangan ang inyong mga panalangin.

3:4
Rom 2:29;
7:22;
Efe 3:16
3:5
1Ti 5:5
3:7
Efe
5:25-33;
Col 3:19
3:8
Rom
12:10;
15:5;
Efe 4:2
3:9
Mat 5:44;
Rom 8:28;
12:17;
1Te 5:15;
Heb 6:14
3:13
Tit 2:14
3:15
Col 4:6;
Heb 3:6

Maging Pagpapala sa Kabila ng Hirap

8Ngunit sa katapus-tapusan, kayong lahat ay magkaisa sa
pag-iisip, magkaroon ng pagdadamayan, ng pagmamahalan
bilang magkakapatid, maging mahabagin at maging magalang.
9Huwag kayong gumanti ng masama sa masama, o ng pag-
alipusta sa pang-aalipusta. Ngunit sa kabila nito, sila ay
pagpalain ninyo yamang alam na ninyo na kayo ay tinawag
para rito upang kayo ay magmana ng pagpapala 10sapagkat,
"Siya na nagnanais magmahal sa buhay at makakita ng
mabubuting araw ay dapat magpigil ng kaniyang dila mula
sa masama at ng kaniyang mga labi upang hindi magsalita
ng pandaraya. 11Lumayo siya sa masama at gumawa siya ng
mabuti. Hanapin niya ang kapayapaan at ipagpatuloy niya ito
12sapagkat ang paningin ng Panginoon ay sa mga matuwid at
ang kaniyang pandinig ay para sa kanilang panalangin. Ngunit
ang mukha ng Panginoon ay laban sa kanila na gumagawa ng
masama."

Awi 34:12-16

13At sino ang gagawa ng masama sa inyo kapag kayo
ay nagiging tagasunod ng mabuti? 14Ngunit kahit kayo ay
pinahihirapan dahil sa katuwiran, pinagpala kayo. "At huwag
kayong matakot o mangamba man sa kanilang labis na
pananakot."

Isa 8:12

15Subalit pabanalin ninyo ang Panginoong Diyos sa inyong
mga puso at maging palaging handa na may kaamuan at banal
na pagkatakot upang magbigay ng kasagutan sa bawat isang

humihingi sa inyo ng dahilan patungkol sa pag-asang nasa inyo.
16 Magkaroon kayo ng mabuting budhi upang kahit magsalita
sila ng masama laban sa inyo katulad ng mga manggagawa ng
masama, sila na umaalipusta sa inyong magandang pamumuhay
kay Cristo ay mapapahiya, 17 sapagkat kung ipapahintulot
ng kalooban ng Diyos, higit na mabuti ang magdanas ng
paghihirap dahil sa paggawa ng mga kabutihan kaysa sa
paggawa ng mga kasamaan.

18 Dahil si Cristo rin ay minsang nagdusa dahil sa mga
kasalanan, ang matuwid alang-alang sa mga hindi matuwid,
upang tayo ay madala niya sa Diyos. Siya ay totoong pinatay
sa laman ngunit binuhay sa pamamagitan ng Espiritu. 19 Sa
pamamagitan din nito, siya ay pumunta at nangaral sa mga
espiritung nasa bilangguan 20 na noon ay mga masuwayin, nang
ang Diyos ay minsang matiyagang naghintay sa mga araw ni
Noe habang ginagawa ang daong, kung saan ang ilang iyon na
walong kaluluwa, ay naligtas sa pamamagitan ng tubig 21 na
larawang kahalintulad din sa atin na ang bawtismo ngayon ay
nagliligtas (hindi ang pag-alis ng karumihan ng laman kundi
ang tugon ng mabuting budhi sa Diyos) sa pamamagitan ng
muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo. 22 Siya ay nasa bahaging
kanan ng Diyos nang siya ay umakyat sa langit, at ipinasakop
sa kaniya ang mga anghel at ang mga kapamahalaan at ang mga
kapangyarihan.

3:16 Gaw 23:1
3:18 Rom 5:2; Col 1:2; Heb 7:27
3:20 Rom 2:4; Heb 11:7
3:21 Gaw 22:16; 23:1
3:22 Mat 28:18; Mar 16:19; Rom 8:28; Heb 4:14
4:1 Rom 6:18
4:2 Rom 6:2
4:3 Rom 13:13; Efe 2:2
4:5 Gaw 10:42

Mamuhay Ayon sa Kalooban ng Diyos

4 Kaya yamang si Cristo ang nagbata ng hirap sa laman
alang-alang sa atin, ilagay rin ninyo sa inyong sarili ang
gayunding kaisipan sapagkat ang nagbata ng hirap sa laman
ay tumigil na sa pakikipag-ugnayan sa kasalanan, 2 upang
sa nalalabi niyang panahon sa katawang ito ay hindi na siya
mamuhay kailanman para sa masamang pagnanasa ng mga
tao kundi sa kalooban ng Diyos. 3 Sapagkat ang nakaraang
panahon ng ating buhay ay sapat na upang gawin ang kalooban
ng mga Gentil♦ nang tayo ay lumakad sa mga kahalayan, sa
masasamang pagnanasa, sa mga paglalasing, sa magugulong
pagtitipon, sa mga pag-iinuman at sa mga kasuklam-suklam
na pagsamba sa mga diyos-diyosan, 4 kung saan ay iniisip
nila na hindi pangkaraniwan na kayo ay hindi tumatakbong
kasama nila patungo sa gayong labis na kaguluhan at kayo ay
nilalait nila. 5 Ngunit sila ay mananagot sa Diyos na nakahanda
upang humatol sa mga nabubuhay at sa mga patay. 6 Dahil
dito, ang ebanghelyo ay ipinahayag din sa mga namatay upang
sila nga ay mahatulan ayon sa mga taong nasa laman, ngunit
mabubuhay sa espiritu ayon sa kalooban ng Diyos.

7 Ngunit ang wakas ng lahat ng mga bagay ay malapit
na, kaya ayusin ninyo ang inyong pag-iisip at magbantay
kayo sa pananalangin. 8 At higit sa lahat, mag-ibigan kayo
sa isa't isa nang buong ningas sapagkat "ang pag-ibig
ang magtatakip ng napakaraming kasalanan." 9 Maging
bukas ang inyong tahanan sa isa't isa nang walang bulung-
bulungan. 10 Ayon sa kaloob na tinanggap ng bawat isa, ito
ay ipaglingkod ninyo sa inyong kapwa bilang mababuting
katiwala ng iba't ibang biyaya ng Diyos. 11 Kung ang
sinuman ay nagsasalita, magsalita siya nang katulad
sa salita ng Diyos. Kung ang sinuman ay naglilingkod,
maglingkod siya ayon sa lakas na ibinibigay ng Diyos
upang sa lahat ng mga bagay ay mapapurihan ang Diyos sa
pamamagitan ni Jesu-Cristo, sa kaniya ang kaluwalhatian
at kapangyarihan magpakailan pa man. Siya nawa.

Pagdanas ng Hirap ng Cristiano

12 Mga minamahal, huwag ninyong isipin na hindi
pangkaraniwan ang matinding pagsubok na dumarating
sa inyo upang kayo ay subukin, na parang hindi
pangkaraniwan ang nangyayari sa inyo. 13 Ngunit magalak
kayo yamang kayo ay nakikibahagi sa mga paghihirap ni
Cristo upang sa pagkahayag ng kaniyang kaluwalhatian
ay magalak din kayo na may lubos na kagalakan. 14 Kung
kayo ay inaalipusta dahil sa pangalan ni Cristo, pinagpala
kayo sapagkat ang Espiritu ng kaluwalhatian at ng Diyos
ay nananahan sa inyo, na para sa kanila, si Cristo ay
nilalapastangan, ngunit para sa inyo, siya ay niluluwalhati.
15 Ngunit huwag hayaang magdusa ang sinuman sa inyo
kagaya ng mamamatay-tao, o ng magnanakaw, o ng
gumagawa ng masama, o kagaya ng mapanghimasok
sa gawain ng iba. 16 Subalit kung siya ay magdanas ng
hirap bilang Cristiano, huwag siyang mahiya, sa halip ay
luwalhatiin niya ang Diyos sa pangyayaring ito.

17 Sapagkat panahon na upang magsimula ang
paghuhukom sa sambahayan ng Diyos. At kung sa atin
sinimulan, ano kaya ang magiging wakas niyaong mga
sumusuway sa ebanghelyo ng Diyos? 18 At "kung ang
matuwid ay mahirap maligtas, saan kaya makikita ang
hindi makadiyos at ang makasalanan?"

Kaw 11:31

19 Kung kaya ang mga nagdaranas ng hirap ayon sa
kalooban ng Diyos, hayaang ipagkatiwala nila sa kaniya
bilang matapat na Manlilikha ang kanilang sariling
kaluluwa sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti.

4:7 Gaw 24:25; Rom 13:11
4:8 San 5:20
4:9 Rom 12:13; Flp 2:14
4:10 Rom 12:6-7; 1Co 4:2
4:11 Rom 11:36; Efe 6:10; 1Te 2:4
4:13 Mat 5:12; Rom 8:17; 2Co 1:5
4:14 Mat 5:11; Jua 15:21
4:16 Gaw 5:41
4:17 2Te 1:8; 1Ti 3:15
4:18 Luc 23:31

Tagubilin sa Matatanda at sa mga Kabataan

5 Ang matatanda na nasa inyo ay pinagtatagubilinan ko bilang
isa ring matanda at saksi sa mga paghihirap ni Cristo at
kabahagi ng kaluwalhatiang malapit nang ihayag. **2**Pangalagaan
ninyo ang kawan ng Diyos na nasa inyo. Pangasiwaan ninyo
sila nang hindi napipilitan kundi kusang-loob, hindi dahil sa
masamang kapakinabangan kundi dahil sa kasiglahan, **3**at
hindi katulad ng mga namumuno na may pagkapanginoon sa
nasasakupan ng Diyos kundi bilang huwaran ng kawan. **4**At kapag
ang Pangulong Pastol ay mahayag, kayo ay tatanggap ng putong
ng kaluwalhatian na hindi kumukupas.

5Gayundin kayong mga kabataan, magpasakop kayo sa
matatanda. Oo, ang lahat sa inyo ay magpasakop sa isa't isa.
Isuot ninyo ang kapakumbabaan sapagkat "sinasalungat ng
Diyos ang mga mapagmataas, ngunit siya ay nagbibigay ng
biyaya sa mga mapagpakumbaba."

Kaw 3:34

6Kaya magpakumbaba kayo sa ilalim ng makapangyarihang
kamay ng Diyos upang kayo ay kaniyang itaas sa takdang
panahon. **7**Ilagak ninyo sa kaniya ang lahat ninyong
kabalisahan sapagkat siya ay nagmamalasakit sa inyo.

8Mag-isip kayo ng maayos at magbantay kayo sapagkat ang
diyablo♦ na inyong kaaway ay katulad ng leon na umaatungal
at umaali-aligid na naghahanap kung sino ang kaniyang
malalamon. **9**Makipaglaban kayo sa kaniya na may katatatagan
ng pananampalataya dahil alam na ninyo na ang gayon ding
pagdanas ng mga paghihirap ay nangyayari sa inyong mga
kapatid na nasa sanlibutan. **10**Ngunit ang Diyos ng lahat
ng biyaya, na siyang tumawag sa atin patungo sa kaniyang
walang hanggang kaluwalhatian kay Cristo Jesus, ang siya
nawang magpaging-ganap sa inyo, magpatatag, magpalakas, at
magpanatiling matatag sa inyo pagkatapos ninyong magdanas ng
paghihirap sa maikling panahon. **11**Sa kaniya ang kaluwalhatian
at kapangyarihan magpakailan pa man. Siya nawa!

Panghuling Pagbati

12Isinulat ko ang maikling liham na ito sa pamamagitan ni
Silvano, na itinuturing kong matapat na kapatid, na isinasamo
ko at pinatotohanan ko na ito ang totoong biyaya ng Diyos kung
saan kayo nanindigan.

13Ang iglesiya na nasa Babilonia na piniling kasama ninyo,
at si Marcos na aking anak, ay bumabati sa inyo. **14**Magbatian
kayo sa isa't isa ng halik ng pag-ibig.

Ang kapayapaan ay sumainyo nawang lahat na na kay Cristo
Jesus. Siya nawa.

5:1 Luc 24:48; Gaw 11:30; Pah 1:9
5:2 Jua 21:16; 2Co 9:7; Flp 1:14; 1Ti 3:3
5:3 Mat 20:25-28; 1Ti 4:12
5:4 Jua 10:11; 1Co 9:25
5:5 Mat 23:12; Efe 5:21
5:6 San 4:10
5:7 Mat 6:25; Heb 13:5
5:8 Gaw 24:25; 2Ti 4:17
5:9 Gaw 14:22; Col 2:5; San 4:7
5:10 Rom 8:28; 2Te 2:17; 2Ti 2:10
5:11 Rom 11:36
5:12 Gaw 5:22; 1Co 16:13; Heb 13:22
5:13 Gaw 12:12
5:14 Rom 16:16; Efe 6:23

ANG IKALAWANG SULAT NI PEDRO

Sumulat: Pedro
Para Kanino: Sa mga mananampalatayang nasa hilagang Asya Menor
Taon: A.D. 66-67

Panimulang Salita sa Ikalawang Sulat ni Pedro

Hindi nagtagal, nang natapos ang kamangha-manghang pangyayari sa araw ng Pentecostes (A.D. 30; tingnan ang Gaw 2), ang mga bulaang guro ay lumitaw upang subukang sirain ang gawain ni Cristo. Si Jesus ang naghayag na sila ay darating (Mat 7:15; 24:4-5, 11, 24-26; Mar 13:22-23), at si Pablo ay nagbabala rin sa mga mananampalataya patungkol sa kanilang pagdating (Gaw 20:29, 30). Isinulat ni apostol Pedro ang 2 Pedro upang ihanda ang mga mananampalataya na ang mga bulaang guro ay malapit nang dumating (2Pe 2:1). Ang sulat ni Judas ay maraming pagkakatulad sa 2 Pedro ngunit si Judas ay nagsalita na ang mga bulaang guro ay kasama na ng mga mananampalataya (Jud 1:4). Maaring ang 2 Pedro ay isinulat na nauna kaysa sa sulat ni Judas.

Ang ikalawang sulat na ito na isinulat ni Pedro para sa mga mananampalataya sa hilagang Asya Menor (2Pe 3:1) ay maaaring isinulat sa pagitan ng A.D. 66-67. Alam niya na siya ay malapit nang mamatay (1:13, 14) kaya ninais niyang sumulat ng isa pang sulat upang ihanda sila sa nalalapit na mga panganib (1:15).

Isinasalarawan ni Pedro ang mga bahagi ng paglagong espirituwal (1:1-11). Iniuutos niya sa kanila na dapat silang lumago at sinasabi niya sa kanila ang dahilan kung bakit ito ay dapat nilang ipagpatuloy. Ang maraming bahagi ng sulat ay nakatuon sa nagiging dahilan ng paglagong espirituwal, ito ay ang kaalaman sa Kasulatan. Tinuturuan ni Pedro ang mga mananampalataya na maging masunurin sa Kasulatan sapagkat ito lamang ang makapangyarihan at mapagkakatiwalaan (1:12-21). Sa kabanatang 2, ginagamit ni Pedro ang Kasulatan at ang mga pagsasalarawan upang ilantad ang mga bulaang guro at ang mga mapanlibak na ang hinangad ay dayain ang mga mananampalataya at sirain ang gawain ng Diyos (2:1-3:13). Sa katapusan ng sulat ay tinuturuan niya sila upang lumago sa espirituwal na buhay at maging handa sa paghuhukom ng Diyos, at upang mapagtagumpayan nila ang masasamang tao (3:14-18).

Ang mensahe ni Pedro ay mahalaga para sa mga mananampalataya sa lahat ng kapanahunan. Maari lamang tayong makapanatiling matatag laban sa kamalian niyaong masama kapag tayo ay lumalago "sa biyaya at kaalaman ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo" (3:18).

Balangkas ng Ikalawang Sulat ni Pedro:

Panimula (*1:1-2*)
I. Ang paglagong espirituwal ay napakahalaga sa mananampalataya at nangyayari lamang sa pamamagitan ng mga Kasulatan (*1:3-21*).
II. Ang paglagong espirituwal ay napakahalaga upang mapagtagumpayan ng mananampalataya ang panganib ng mga bulaang guro (*2:1-22*).
III. Ang paglagong espirituwal ay napakahalaga dahil sa nalalapit na pagdating ng Panginoon (*3:1-18*).
Pangwakas (*3:18*)

1 Si Simon Pedro ang alipin at apostol ni Jesu-Cristo, sa
kanila na kasama naming tumanggap ng gayunding
napakahalagang pananampalataya sa pamamagitan ng
katuwiran ng ating Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo,
2 sumagana nawa sa inyo ang biyaya at ang kapayapaan sa
pamamagitan ng lubos na pagkakilala sa Diyos at kay Jesus na
ating Panginoon.

Tiyakin ang Pagkatawag at Pagkapili sa Inyo

1:1 Rom 1:1; 3:21-26; Tit 2:3; 1Pe 1:1
1:2 Rom 1:7; Flp 3:8
1:3 Rom 8:28; 1Pe 1:5
1:4 2Co 7:1; Efe 4:24; Heb 12:10; San 1:27; 1Jn 3:2
1:5 Col 2:3
1:6 Gaw 24:25; Heb 10:36
1:7 Rom 12:10; 1Te 3:12
1:8 Jua 15:2; Col 1:10; Tit 3:14
1:9 Mat 1:21; Efe 5:26; 1Jn 2:11
1:10 Jud 1:24
1:11 2Ti 4:18
1:12 Flp 3:1; 1Jn 2:21; 2Jn 1:2; Jud 1:5
1:13 2Co 5:1,4
1:14 Jua 13:36; 2Ti 4:6

3 Ayon sa kaniyang banal na kapangyarihan ay ipinagkaloob
sa atin nang walang bayad ang lahat ng mga bagay na
nauukol sa buhay at sa pagiging makadiyos, sa pamamagitan
ng lubos na pagkakilala sa kaniya na tumawag sa atin sa
pamamagitan ng kaniyang kaluwalhatian at kapurihan. 4 Sa
pamamagitan nito ay ipinagkaloob sa atin nang walang bayad
ang pinakadakila at pinakamahalagang mga pangako, upang
sa pamamagitan ng mga ito ay maging kabahagi kayo ng
kalikasang makadiyos yamang kayo ay nakatakas mula sa
kabulukan na nasa sanlibutan dahil sa masamang pagnanasa.
5 Dahil din dito ay buong sikap ninyong idagdag sa inyong
pananampalataya ang kagandahang-asal, at sa kagandahang-
asal ay ang kaalaman, 6 at sa kaalaman ay ang pagpipigil sa
sarili, at sa pagpipigil sa sarili ay ang pagtitiis, at sa pagtitiis
ay ang pagiging makadiyos, 7 at sa pagiging makadiyos ay ang
pagmamahal sa kapatid, at sa pagmamahal sa kapatid ay ang
pag-ibig, 8 sapagkat kung ang mga ito ay tinataglay ninyo at
lubos na nananagana sa inyo, hindi kayo magiging tamad o
walang bunga sa pagkakilala sa ating Panginoong Jesu-Cristo.
9 Ngunit ang sinumang wala ang mga katangiang ito ay bulag,
maiksi ang pananaw at nagkaroon ng pagkalimot sa pagkalinis
sa dati niyang mga kasalanan.
10 Dahil dito mga kapatid, lalo ninyong pagsikapan na
ang pagkatawag at pagkapili sa inyo ay tiyak sapagkat kung
gagawin ninyo ang mga bagay na ito ay hindi kayo matitisod
kailanman, 11 dahil sa ganitong paraan ay ibibigay sa inyo ang
masaganang pagpasok sa walang hanggang kaharian ng ating
Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo.

Ang Kasulatan ay Ipinahayag na Noong Una

12 Dahil dito, ako ay hindi magpapabaya na kayo ay palaging
paalalahanan patungkol sa mga bagay na ito bagaman alam
na ninyo ang mga ito at kahit na kayo ay pinatatag na sa
katotohanang nasa inyo. 13 Oo, iniisip ko na nararapat na kayo
ay gisingin sa pamamagitan ng pagpapaalala sa inyo habang
ako ay nasa tabernakulong ito, 14 yamang alam ko na, na hindi

magtatagal ang paglisan ko sa aking tabernakulong ito ayon
din sa ipinakita sa akin ng ating Panginoong Jesu-Cristo.
15 Gayunpaman, magsisikap ako na mailagay ninyo palagi
sa inyong alaala ang mga bagay na ito pagkatapos ng aking
pagpanaw.

16 Sapagkat kami ay hindi sumunod sa mga alamat na tusong
binalangkas, nang ipinakilala namin sa inyo ang patungkol
sa kapangyarihan at kapahayagan ng ating Panginoong Jesu-
Cristo. Sa halip, kami ay naging mga saksi ng kaniyang
kadakilaan. 17 Dahil tinanggap niya mula sa Diyos Ama ang
karangalan at ang kaluwalhatian nang dumating sa kaniya
yaong tinig mula sa napakadakilang kaluwalhatian, "Ito ang
pinakamamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan."
Mat 17:5; Mar 9:7; Luc 9:35

18 At ang tinig na ito ay aming narinig mula sa langit nang kami
ay kaniyang isinama sa banal na bundok.

19 At tinataglay namin ang higit na mapagkakatiwalaang
salita ng mga propeta kung saan ay mabuti ang inyong
ginagawa, sapagkat sinusunod ninyo ang mga ito katulad ng
ilawan na nagliliwanag sa madilim na lugar hanggang sa ang
araw ay magbukang liwayway at ang tala ng umaga ay sumikat
sa inyong mga puso. 20 Dahil ito ang una ninyong nalaman, na
ang bawat pahayag sa Kasulatan♦ ay hindi nangyari sa sarili
nitong paliwanag 21 sapagkat ang pahayag ay hindi dumating sa
pamamagitan ng kalooban ng tao, ngunit ang mga banal na tao
ng Diyos ay nagsalita habang sila ay ginagabayan ng Banal na
Espiritu.

Hahatulan ng Diyos ang mga Bulaan

2 Ngunit mayroon ding lumitaw na mga bulaang propeta
sa gitna ng bayan kung paanong mayroon ding lilitaw na
mga bulaang guro sa inyo na palihim na ipapasok ang mga
maling katuruan ng kapahamakan, at kanilang ipinagkakaila
ang Panginoon na siyang bumili sa kanila at inilalagay nila
ang kanilang sarili sa biglang kapahamakan 2 at marami ang
susunod sa kanilang kapahamakan. Dahil sa kanila ay lalaitin
ang daan ng katotohanan 3 at sa pamamagitan ng kasakiman
ay pagsasamantalahan nila kayo sa pamamagitan ng mga
mapagkunwaring salita. Ang hatol sa kanila noong una ay hindi
na magtatagal at ang kanilang kapahamakan ay hindi natutulog.

4 Kung paanong hindi pinaligtas ng Diyos ang mga anghel♦
na nagkasala, sa halip ay ibinulid sila na may tanikala ng
kadiliman sa Tartarus upang ilaan para sa paghuhukom, 5 at
hindi pinaligtas ang sanlibutan noong unang panahon nang
kaniyang dinala sa pagkagunaw ang sanlibutan ng mga hindi

1:15 Luc 9:31
1:16 Mat 17:1-8; Mar 13:26
1:17 Mat 3:17; 17:5; Mar 9:7; Luc 9:45
1:18 Mat 17:6
1:19 Luc 1:78; 2Co 4:6; 1Pe 1:10-11; Pah 22:16
1:21 Gaw 1:16; 2Ti 3:16; 1Pe 1:11
2:1 Mat 7:15; 1Co 6:20; 1Ti 4:1; Jud 1:4
2:2 Jud 1:4
2:3 2Co 2:17; 1Te 2:5
2:4 1Ti 3:6; Jud 1:6; Pah 20:1-2
2:5 Heb 11:7; 1Pe 3:20

makadiyos, ngunit si Noe na tagapangaral ng katuwiran na
isa sa walo ay kaniyang iningatan. 6At ang mga lungsod
ng Sodoma at Gomora na tinupok ng apoy na hinatulan sa
pagkawasak ang ginawa nilang halimbawa sa mga mamumuhay
nang hindi makadiyos, 7ngunit iniligtas niya ang matuwid
na si Lot na lubhang inaapi ng mga masama na namumuhay
sa kahalayan 8(dahil sa nakikita at naririnig, ang matuwid na
taong iyon na nananahang kasama nila ay pinahihirapan ang
kaniyang matuwid na kaluluwa araw-araw sa pamamagitan
ng kanilang mga gawaing hindi pagkilala sa kautusan). 9Alam
ng Panginoon kung paano ililigtas ang mga makadiyos mula
sa mga pagsubok at kung paanong ilaan sa kaparusahan ang
mga hindi matuwid para sa araw ng paghuhukom 10at lalung-
lalo na yaong mga lumalakad ayon sa masamang pagnanasa
ng laman sa karumihan at lumalait sa kapamahalaan. Sila ay
mga mapangahas, ipinipilit ang sariling kagustuhan at hindi
natatakot na laitin ang mararangal, 11kung saan ang mga
anghel, bagaman may higit na kalakasan at kapangyarihan, ay
hindi sila nagdadala ng hatol na may panlalait laban sa kanila sa
harapan ng Panginoon.

12Ngunit ang mga taong ito na nagsasalita ng panlalait
na hindi nila nalalaman para sa kanilang kasiraan ay lubos
silang mapapahamak kung paanong ang mga hayop na walang
likas na katwiran ay ipinanganak upang hulihin at sirain.
13Tatanggapin nila ang kabayaran ng kalikuan kung paanong
inaakala nila na kasiyahan ang marangyang pamumuhay kapag
araw. Sila ay mga batik at mga dungis na nagpapakasasa sa
kanilang pandaraya habang sila ay nagdiriwang na kasama
kayo. 14Sila ay may mga paningin na puspos ng pangangalunya
at walang tigil sa paggawa ng kasalanan na inaakit ang mga
hindi matatag na kaluluwa. Mayroon silang pusong nasanay sa
kasakiman at sila ay mga anak na isinumpa. 15Iniwan nila ang
matuwid na landas at sila ay naligaw sa pagsunod sa landas
ni Balaam na anak ni Besor, na siyang umibig sa kabayaran
sa paggawa ng kalikuan. 16Ngunit ang tinanggap niya ay ang
pagsaway sa kaniyang pagsalangsang at ang asnong hindi
nakakapagsalita na nagsalita sa pamamagitan ng tinig ng tao
ang humadlang sa kahangalan ng propeta.

17Ang mga ito ay mga bukal na walang tubig at mga ulap na
itinataboy ng unos, na sa kanila ay inilaan magpakailanman
ang kapanglawan ng kadiliman.

18Sapagkat kapag sila ay nagsasalita ng mga pinalaking salita
na walang kabuluhan, ang inaakit nila ay yaong mga tunay
na nakatakas mula sa mga taong namumuhay sa pandaraya sa
pamamagitan ng masamang pagnanasa ng laman at kahalayan.

2:6 Mat 10:15; Rom 9:29; Jud 1:7
2:8 Mat 10:15; Rom 15:31; Pah 3:10
2:10 Jud 1:8, 16,18
2:11 Jud 1:9
2:12 Jud 1:10
2:13 Rom 13:13; 1Co 11:20-21; 1Te 5:7; Jud 1:12
2:14 Efe 2:3; San 1:8
2:15 Jud 1:11; Pah 2:14
2:17 Jud 1:12-13
2:18 Jud 1:16

19 Habang sila ay nangangako ng kalayaan sa kanila, sila
mismo ay sinasakop ng pagkaalipin ng kabulukan sapagkat
ang tao na nadaig ng sinuman ay sa kaniya rin nagpaalipin.
20 Dahil kung pagkatapos nilang makatakas sa kabulukan ng
sanlibutan sa pamamagitan ng lubos na pagkilala sa Panginoon
at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo ay muli silang masangkot
at madaig, ang kanilang huling kalagayan ay naging masahol
pa kaysa sa dati. 21 Kaya mabuti pang hindi na nila nalaman
ang daan ng katuwiran kaysa pagkatapos nila itong malaman
ay tumalikod sa banal na utos na ibinigay sa kanila. 22 Ngunit
nangyari sa kanila ang ayon sa totoong kawikaan, "Ang aso ay
bumalik sa sarili niyang suka"

Kaw 26:11

at "ang babaing baboy na hinugasan ay bumalik sa paglublob sa
putik."

Ang Araw ng Panginoon

3 Mga minamahal, ito na ang ikalawang sulat na aking
isinusulat sa inyo, na sa dalawang ito ay ginigising ko ang
inyong malinis na pag-iisip sa pamamagitan ng pagpapaalala
sa inyo, 2 upang mapaalalahanan kayo ng mga salitang unang
ipinahayag sa pamamagitan ng mga banal na propeta at ng utos
namin na mga apostol ng Panginoon at Tagapagligtas. 3 Dapat
alamin muna ninyo ito, na sa mga huling araw ay darating ang
mga manunuya na lumalakad ayon sa sarili nilang masasamang
pagnanasa 4 at kanilang sasabihin, "Nasaan ang katuparan ng
pangako ng kaniyang pagdating? Sapagkat mula nang natulog
ang ating mga ninuno, ang lahat ay nananatiling gayon mula
sa simula ng paglalalang." 5 Sapagkat ito ang ninanais nilang
kalimutan, na sa pamamagitan ng salita ng Diyos ay naroon
na noon pa ang kalangitan at ang lupa ay binuo na mula sa
tubig at sa pamamagitan ng tubig, 6 na sa pamamagitan din
nito, ang sanlibutan nang panahong iyon na ginunaw sa
pamamagitan ng tubig ay nawasak. 7 Ngunit sa pamamagitan
ng gayunding salita, ang kasalukuyang kalangitan at lupa ay
inilaan na sa apoy at iniingatan para sa araw ng paghuhukom at
kapahamakan ng mga taong hindi makadiyos.

8 Subalit mga minamahal, huwag ninyong kalimutan ang
isang bagay na ito, na ang isang araw sa Panginoon ay katulad
ng isang libong taon at ang isang libong taon ay katulad ng
isang araw. 9 Ang Panginoon ay hindi nagpapabaya sa kaniyang
pangako katulad ng pagpapabaya na iniisip ng iba, sa halip ay
mahaba ang kaniyang pagtitiyaga sa atin at hindi niya ninanais
na ang sinuman ay mapahamak kundi ang lahat ay magkaroon
ng pagkakataon upang magsisi.

2:19 Rom 6:16
2:20 Mat 12:45
2:21 Heb 6:4-6
3:1 1Co 10:14
3:2 Luc 1:70; Gaw 3:21; Efe 4:11
3:3 1Ti 4:1; 2Ti 3:1; Jud 1:18
3:4 Mat 24:48; Mar 10:6; Luc 17:30
3:5 Heb 11:3
3:7 Mat 10:15; 2Te 1:7
3:9 Rom 2:4; 1Ti 2:4; Heb 2:3; 10:37; Pah 2:21

10 Ngunit ang Araw ng Panginoon ay darating katulad ng
magnanakaw sa gabi kung saan ang kalangitan ay mapaparam
na may malakas na ugong at ang mga sangkap na bumubuo nito
ay magugunaw sa pamamagitan ng napakatinding init at ang
lupa at ang mga gawa na naroroon ay matutupok. **11** Yamang ang
lahat ng mga bagay na ito ay magugunaw, anong uri ng mga
pagkatao ang nararapat mapasainyo sa banal na pamumuhay
at sa pagiging makadiyos, **12** na naghihintay at nananabik sa
pagdating ng araw ng Diyos na sa pamamagitan nito, ang
kalangitan ay magugunaw sa pamamagitan ng apoy at ang mga
sangkap na bumubuo nito ay matutunaw sa pamamagitan ng
napakatinding init? **13** Gayunpaman, ayon sa pangako ng Diyos
ay naghihintay tayo ng bagong langit at bagong lupa kung saan
nananahan ang katuwiran.

14 Dahil dito mga minamahal, yamang hinihintay ninyo
ang mga bagay na ito, sikapin ninyo na kayo ay matagpuan sa
kaniya na walang dungis at walang kapintasan sa kapayapaan,
15 at ibilang ninyo na ang pagtitiyaga ng ating Panginoon ay
kaligtasan, kung paano namang sumulat sa inyo ang ating
minamahal na kapatid na si Pablo ayon sa karunungang
ipinagkaloob sa kaniya **16** at kung paanong sa lahat ng kaniyang
mga sulat ay sinabi niya sa kanila ang patungkol sa mga bagay
na ito, na ang ilan sa mga ito na mahirap unawain ay binigyan
ng maling kahulugan ng mga hindi naturuan at ng mga hindi
matatag, katulad din ng kanilang ginawa sa ibang Kasulatan♦
patungo sa sarili nilang kapahamakan.

17 Kaya kayo, mga minamahal, dahil nalalaman ninyo
noon pa ang mga bagay na ito, mag-ingat kayo na baka kayo
ay mailigaw sa kamalian ng masasama at kayo ay mahulog
mula sa inyong katatagan. **18** Sa halip, lumago kayo sa biyaya
at kaalaman ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si
Jesu-Cristo.

Sa kaniya ang kaluwalhatian ngayon at magpakailanman.
Siya nawa!

3:10 Mat 24:35; Luc 12:39; 2Te 1:7; Heb 12:27; Pah 21:1
3:12 1Co 1:7; Pah 21:1
3:14 1Te 3:13
3:15 Rom 2:4; Efe 3:3
3:16 San 1:8
3:17 1Co 10:12; Pah 2:5
3:18 Rom 3:24; 11:36

ANG UNANG SULAT NI JUAN

Sumulat: Juan
Para Kanino: Sa mga mananampalatayang nasa Asya Menor
Taon: A.D. 80-95

Panimulang Salita sa Unang Sulat ni Juan

Si apostol Juan ay isa sa labindalawang alagad ni Jesus. Maaaring siya ang pinakabatang alagad at lubos na minahal ni Cristo. Sina Juan, Santiago at Pedro lang ang kasama ni Jesus sa kaniyang pagbabagong-anyo at sa halamanan ng Getsemane ngunit si Juan lang ang naroon nang namatay si Jesus. Habang si Cristo ay nasa krus, inihabilin niya kay Juan ang pangangalaga kay Maria na kaniyang ina. Sa unang apat na mga talata ng 1 Juan, siya ay nagpatotoo patungkol sa kaniyang matalik at malapit na kaugnayan kay Jesu-Cristo. Sa panahon ng A.D. 80-95 ay isinulat ito ni Juan sa mga iglesiya sa Asya Menor. Nais niyang makabahagi ang mga mananampalataya sa kagalakang kaniya nang naranasan sa kaniyang pakikipag-isa kay Cristo.

Sa huling bahagi ng unang siglo, maraming tao ang naligtas, at ang mga tagapaglingkod ay nagtatag ng maraming iglesiya at ang mga iglesiya ay totoong nakaranas na ng paglagong espirituwal. Ngunit may mga suliranin din silang naranasan. Ang unang mga mambabasa ng 1 Juan ay naharap sa dalawang pangunahing panganib sa kanilang pananampalataya: ang bulaang katuruan at ang kanilang kawalan ng kaalaman. Tinugunan ni Juan ang mga panganib na ito sa pamamagitan ng pagtuturo ng totoong kaalaman na dapat pang malaman ng mga mananampalataya. Isinulat niya ang aklat na ito upang ang mananampalataya ay makatiyak sa kanilang pananampalataya (5:13).

Upang maibigay sa kanila ang katiyakang ito, si Juan ay bumuo ng apat na pangunahing paksa sa buong aklat. Sinimulan niya ang mga paksang ito sa mga pananalitang “ang mga bagay na ito ay isinulat namin sa inyo”: pakikipag-isa (1:4), katuwiran (2:1), maling katuruan (2:26), at tamang paniniwala (5:13). Ang paksa ng pag-ibig ay nangingibabaw rin sa aklat na ito.

Ninais ni Juan na ang kaniyang mga mambabasa ay magkaroon ng katiyakan na sila ay mayroong buhay na walang hanggan. Ang katiyakang ito ay dumating nang tayo ay sumampalataya sa katotohanan, lumakad sa liwanag, at umibig sa isa't isa. Ang tamang paniniwala ay nagbubunga ng tamang pamumuhay.

Balangkas ng Unang Sulat ni Juan:

Panimula (*1:1-4*)
I. Ang tamang paniniwala ay nagbubunga ng tamang pamumuhay (*1:5-2:17*).
II. Ang tamang paniniwala ay tumutulong sa pagsusuri sa maling katuruan (*2:18-4:6*).
III. Ang tamang paniniwala at tamang pamumuhay ay nagbubunga ng matibay na katiyakan (*4:7-5:21*).

Ang Salita ng Buhay

1 Siya na buhat sa simula, na aming narinig, na nakita ng
aming mga mata, na aming namasdan at nahawakan ng
aming mga kamay, siya ang Salita ng buhay. **2** Ang buhay
ay nahayag at nakita na namin at pinatotohanan namin at
isinasalaysay namin sa inyo ang buhay na walang hanggan na

1:1 Jua 1:2; 20:27; 2Pe 1:16
1:2 Jua 15:27; 1Ti 3:16; 1Pe 1:20

iyon na kasama ng Ama at nahayag sa amin. 3Siya na aming
nakita at aming narinig ay isinasalaysay namin sa inyo upang
kayo rin ay magkaroon ng pakikipag-isa sa amin. Tunay na ang
aming pakikipag-isa ay sa Ama at sa kaniyang Anak na si Jesu-
Cristo. 4Isinusulat namin ang mga bagay na ito sa inyo upang
malubos na ang inyong kagalakan.

Ang Pamumuhay sa Liwanag

5Ito ang pahayag na narinig namin sa kaniya at ipinahahayag
namin sa inyo, na ang Diyos ay liwanag at sa kaniya ay walang
anumang kadiliman. 6Kapag sinabi natin na may pakikipag-isa
tayo sa kaniya ngunit tayo ay naglalakad sa kadiliman, tayo ay
nagsisinungaling at hindi natin ginagawa ang katotohanan. 7Ngunit
kung naglalakad tayo sa liwanag, katulad niya na nasa liwanag, may
pakikipag-isa tayo sa isa't isa at ang dugo ni Jesu-Cristo na kaniyang
anak ang naglilinis sa atin mula sa lahat ng kasalanan.

8Kapag sinabi natin na wala tayong kasalanan, dinadaya
natin ang ating mga sarili at ang katotohanan ay wala sa atin.
9Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay
matapat at matuwid na magpapatawad sa ating mga kasalanan
at maglilinis sa atin sa lahat ng ating kalikuan. 10Kapag sinabi
natin na hindi na tayo nagkakasala, ginagawa natin siyang
sinungaling at ang salita niya ay wala sa atin.

2 Munti kong mga anak, isinusulat ko ang mga bagay na ito sa
inyo upang hindi kayo magkasala, ngunit kapag nagkasala ang
sinuman, mayroon tayong Tagapagtanggol sa Ama, si Jesu-Cristo,
ang matuwid. 2Siya ang kasiya-siyang handog para sa ating mga
kasalanan, at hindi lamang patungkol sa ating mga kasalanan
kundi patungkol din sa mga kasalanan ng buong sangkatauhan.

3Sa pamamagitan nito, nalalaman natin na siya ay kilala
na natin kung tinutupad natin ang kaniyang mga utos. 4Ang
sinumang nagsasabi, "Kilala ko na siya," ngunit hindi tinutupad
ang kaniyang mga utos ay sinungaling at wala sa kaniya ang
katotohanan. 5Ngunit kung ang sinuman ay tumutupad sa
kaniyang salita, totoong nagiging ganap na sa kaniya ang pag-ibig
ng Diyos at sa pamamagitan nito, nalalaman natin na tayo ay nasa
kaniya. 6Ang sinumang nagsasabing siya ay nananatili sa kaniya
ay dapat ding lumakad kung paanong si Jesus ay naglakad.

7Mga kapatid, hindi ako sumusulat ng bagong utos sa inyo
kundi ang lumang utos na inyong tinataglay buhat sa simula.
Ang lumang utos ay ang salita na inyong narinig buhat sa
simula. 8Muli, isang bagong utos ang isinusulat ko sa inyo,
ito ay totoo sa inyo at sa kaniya sapagkat ang kadiliman ay
napapawi at ngayon ang tunay na liwanag ay sumisikat.

1:3 1Co 1:9
1:4 Jua 3:29
1:5 1Ti 6:16
1:6 Jua 3:19-21; 2Co 6:14; Efe 5:8
1:7 Heb 9:14; Pah 1:5
1:8 Jua 8:44; Rom 3:9-19; San 3:2
1:9 Heb 10:22
1:10 Jua 5:38
2:1 Rom 8:34; 1Ti 2:5
2:2 Jua 3:17; Rom 3:25
2:3 Jua 14:15
2:4 Tit 1:16
2:5 Jua 14:15
2:6 Mat 11:29
2:7 1Co 10:14
2:8 Jua 1:9; 13:34; Rom 13:12; Efe 5:8; 1Te 5:5; Heb 10:25

9 Ang sinumang nagsasabi na siya ay nasa liwanag ngunit
namumuhi sa kaniyang kapatid ay nasa kadiliman pa hanggang
sa ngayon. 10 Ang sinumang umiibig sa kaniyang kapatid ay
nananatili sa liwanag at sa kaniya ay walang katitisuran. 11 Ngunit
ang sinumang napopoot sa kaniyang kapatid ay nasa kadiliman.
Siya ay lumalakad sa kadiliman at hindi pa niya nalalaman kung
saan siya tumutungo sapagkat ang kadilimang iyon ang bumulag
sa kaniyang mga mata. 12 Munti kong mga anak, sumusulat ako sa
inyo sapagkat ang inyong mga kasalanan ay pinatawad na alang-
alang sa kaniyang pangalan. 13 Mga ama, sumusulat ako sa inyo
sapagkat kilala na ninyo siya na buhat sa simula. Mga kabataang
lalaki, sumusulat ako sa inyo sapagkat siya na masama ay
napagtagumpayan na ninyo. Munti kong mga anak, sumusulat ako
sa inyo sapagkat kilala na ninyo ang Ama. 14 Mga ama, sumulat
ako sa inyo sapagkat kilala na ninyo siya na buhat sa simula. Mga
kabataang lalaki, sumulat ako sa inyo sapagkat kayo ay malakas
at ang salita ng Diyos ay nananatili sa inyo at napagtagumpayan
na ninyo ang masama.

Huwag Ibigin ang Sanlibutan

15 Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na
nasa sanlibutan. Kung ang sinuman ay umiibig sa sanlibutan,
ang pag-ibig ng Ama ay wala sa kaniya 16 sapagkat ang lahat ng
nasa sanlibutan, ang masamang-nasa ng laman, ang masamang-
nasa ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay ay hindi mula sa
Ama kundi mula sa sanlibutan. 17 Lumilipas ang sanlibutan at
ang masamang-nasa nito ngunit ang sinumang gumagawa ng
kalooban ng Diyos ay nananatili magpakailanman.

Babala Laban sa mga Anticristo

18 Munting mga anak, ito na ang huling oras. Kagaya ng
inyong narinig, dumarating ang anticristo at kahit ngayon ay
marami nang naging mga anticristo kaya nalalaman natin na ito
na ang huling oras. 19 Humiwalay sila sa atin sapagkat hindi sila
kabilang sa atin, sapagkat kung talagang kabilang sila sa atin,
nanatili sana silang kasama natin. Ngunit humiwalay sila sa
atin upang mahayag na silang lahat ay hindi kabilang sa atin.
20 Ngunit kayo ay nagtataglay ng pagpahid* ng langis mula
sa kaniya na Banal† at alam na ninyo ang lahat ng mga bagay.
21 Sumulat ako sa inyo hindi dahil sa ang katotohanan ay hindi
ninyo alam, kundi dahil sa alam na ninyo ito at ang bawat
kasinungalingan ay hindi nagmumula sa katotohanan.
22 Sino ang sinungaling? Ang sinumang tumatanggi na si

2:11 Jua 11:9
2:13 Mat 5:37; Jua 1:1; 16:33
2:14 Jua 1:1; 5:38; Efe 6:10; Heb 4:12
2:15 Rom 12:2; San 4:4
2:16 Rom 13:14; Efe 2:3
2:17 Mat 12:50; Heb 12:27
2:18 Rom 13:11
2:19 Gaw 20:30; 1Co 11:19
2:20 Mat 13:11; Mar 1:24; Jua 14:26; 2Co 1:21
2:21 1Pe 1:12; Jud 1:5
2:22 2Jn 1:7

* **2:20** *pagpahid*: Tumutukoy sa Banal na Espiritu.
† **2:20** *Banal*: Tumutukoy sa Panginoong Jesu-Cristo.

Jesus ang Cristo. Ang sinumang tumatanggi sa Ama at sa
Anak, siya ay anticristo. 23Ang bawat tumatanggi sa Anak ay
wala sa kaniya ang Ama, ngunit siya na ipinapahayag ang Anak
ay nasa kaniya rin ang Ama.
24Kaya nga, panatilihin ninyo sa inyong mga sarili yaong
narinig ninyo buhat sa simula. Kung mananatili sa inyo yaong
narinig ninyo buhat sa simula, kayo rin ay mananatili sa Anak
at sa Ama. 25At ito ang pangako na ipinangako niya sa atin, ang
buhay na walang hanggan. 26Ang mga bagay na ito ay isinulat
ko sa inyo patungkol sa kanila na naglilihis ng landas sa inyo.
27At ang pagpahid* na inyong tinanggap mula sa kaniya ay
nananatili sa inyo at hindi na ninyo kailangan na mayroong
magturo sa inyo. Subalit ang gayunding pagpahid ang siyang
nagtuturo sa inyo patungkol sa lahat ng mga ito. Siya ay totoo
at hindi kasinungalingan, at kung paanong kayo ay kaniyang
tinuruan, kayo ay mananatili sa kaniya.

2:23 Jua 8:19; 2Jn 1:9
2:24 Jua 14:23; 2Jn 1:9
2:25 Mat 25:46
2:27 Jua 15:4; 1Co 2:12
2:28 Efe 3:12; Col 3:4; 1Te 2:19
2:29 Jua 1:13
3:1 Jua 3:16
3:2 Jua 1:12; 17:24; Rom 8:29; 1Co 10:14; 2Co 3:18; Col 3:4; 2Pe 1:4
3:3 2Co 7:1; 2Pe 3:13-14
3:5 Jua 3:17; 2Co 5:21

Ang mga Anak ng Diyos

28At ngayon, munting mga anak, manatili kayo sa kaniya
upang kapag siya ay mahayag, magkakaroon tayo ng kalakasan
ng loob at hindi tayo mahihiya sa harapan niya sa kaniyang
pagparito. 29Kung alam na ninyo na siya ay matuwid,
nalalaman ninyo na ang bawat isang gumagawa ng katuwiran
ay ipinanganak na mula sa Diyos.

3 Narito, sa anong paraan ipinagkaloob sa atin ang pag-ibig
ng Ama upang tayo ay tawaging mga anak ng Diyos. Dahil
dito, hindi tayo nakikilala ng sangkatauhan sapagkat siya ay
hindi kilala nito. 2Mga minamahal, ngayon, tayo ay mga anak
na ng Diyos. Bagaman hindi pa ipinakita kung magiging ano
tayo, alam na natin na kapag siya ay nahayag, tayo ay magiging
katulad niya sapagkat makikita natin siya kung ano siya. 3Ang
bawat isang nagtataglay ng ganitong pag-asa sa kaniya ay
dinadalisay ang kaniyang sarili, katulad niya na dalisay.
4Ang bawat isang gumagawa ng kasalanan ay gumagawa
rin ng hindi pagkilala sa kautusan dahil ang hindi pagkilala
sa kautusan ay kasalanan. 5Alam na ninyo na siya ay inihayag
upang alisin ang ating mga kasalanan at sa kaniya ay walang
kasalanan. 6Ang bawat isang nananatili sa kaniya ay hindi
nagpapatuloy sa kasalanan, ngunit ang bawat isang nagkakasala
ay hindi pa nakakita sa kaniya, ni nakakilala sa kaniya.
7Munting mga anak, huwag kayong padaya kaninuman.
Siya na gumagawa ng katuwiran ay matuwid, katulad niya na

* **2:27** *pagpahid*: Tumutukoy sa Banal na Espiritu.

matuwid. 8Siya na gumagawa ng kasalanan ay mula sa diyablo♦
sapagkat ang diyablo ay nagkakasala na mula sa simula. Ang
Anak ng Diyos ay nahayag sa dahilang ito upang wasakin niya
ang mga gawa ng diyablo. 9Ang bawat isang ipinanganak mula sa
Diyos ay hindi gumagawa ng kasalanan sapagkat ang kaniyang
binhi ay nananatili sa kaniya. Hindi siya nagpapatuloy sa
kasalanan sapagkat siya ay ipinanganak mula sa Diyos.
10Sa ganitong paraan nakikilala ang mga anak ng Diyos at
ang mga anak ng diyablo. Ang sinumang hindi gumagawa ng
katuwiran ay hindi mula sa Diyos, kahit siya na hindi umiibig
sa kaniyang kapatid.

Mag-ibigan Kayo sa Isa't isa

11Ito ang pahayag na inyong narinig mula sa simula, na tayo
ay mag-ibigan sa isa't isa, 12hindi katulad ni Cain na nagmula
sa masama, kaya pinatay niya ang kaniyang kapatid. Bakit niya
pinatay ang kaniyang kapatid? Sapagkat ang kaniyang mga
gawa ay masama subalit ang mga gawa ng kaniyang kapatid ay
matuwid.
13Mga kapatid ko, huwag kayong magtaka kung
kinamumuhian kayo ng sangkatauhan. 14Alam natin na lumipat
na tayo mula sa kamatayan patungo sa buhay sapagkat iniibig
natin ang mga kapatid. Siya na hindi umiibig sa kaniyang
kapatid ay nananatili sa kamatayan. 15Ang bawat isang
namumuhi sa kaniyang kapatid ay mamamatay-tao, at alam
ninyo na ang bawat mamamatay-tao ay walang tinataglay na
buhay na walang hanggan na nananatili sa kaniya.
16Sa pamamagitan nito, alam na natin ang pag-ibig ng Diyos
sapagkat inialay niya ang kaniyang buhay alang-alang sa atin.
Kaya dapat nating ialay ang ating mga buhay alang-alang sa mga
kapatid. 17Ang sinumang mayroong kabuhayan sa sanlibutang
ito at nakikita niya ang kaniyang kapatid na mayroong
pangangailangan ngunit ipinagkait sa kaniya ang kalooban* ng
kahabagan, paanong nananatili ang pag-ibig ng Diyos sa kaniya?
18Munti kong mga anak, huwag tayong umibig sa
pamamagitan ng salita, ni ng dila lamang kundi sa
pamamagitan ng gawa at sa katotohanan. 19Sa pamamagitan
nito, nalalaman natin na tayo ay mula sa katotohanan at ang
ating mga puso ay magkakaroon ng katiyakan sa kaniyang
harapan. 20Ngunit kapag hinahatulan tayo ng ating puso, ang
Diyos ay higit kaysa sa ating puso at alam niya ang lahat ng
mga bagay. 21Mga minamahal, kung tayo ay hindi hahatulan
ng ating puso, tayo ay mayroong lakas ng loob na humarap sa

3:8 Mat 4:3; Jua 8:44; Heb 2:14
3:9 Jua 1:13; 1Pe 1:23
3:10 Jua 1:12
3:11 Jua 13:34-35; 2Jn 1:5
3:12 Mat 5:37
3:13 Jua 15:18-19
3:14 Jua 5:24
3:16 Jua 10:11, 13,15; Flp 2:17; 1Te 2:8
3:17 San 2:15
3:18 Rom 12:9
3:21 1Co 10:14; Efe 3:12

* **3:17** *kalooban*: Ang literal na salin ng salitang Griyego na splagchnon ay bituka. Para sa mga Judio ang bituka ay siyang sentro ng damdamin ng tao katulad ng puso.

Diyos. 22At anuman ang ating hihilingin ay tinatanggap natin
mula sa kaniya sapagkat tinutupad natin ang kaniyang mga utos
at ginagawa natin ang mga bagay na kalugud-lugod sa kaniyang
paningin. 23At ito ang kaniyang utos, na tayo ay sumampalataya
sa pangalan ng kaniyang Anak na si Jesu-Cristo at mag-ibigan
tayo sa isa't isa ayon sa ibinigay niyang utos sa atin.
24At ang sinumang tumutupad sa kaniyang mga utos ay
nananatili sa kaniya at siya ay nananatili sa kaniya. At sa
pamamagitan nito ay nalalaman natin na siya ay nananatili sa
atin sa pamamagitan ng Espiritu na ibinigay niya sa atin.

3:22 Mat 7:7; Jua 8:29; 14:15; Heb 13:21
3:23 Luc 24:47; Jua 1:12; 6:29; 13:34; 1Co 6:11
3:24 1Te 4:8
4:1 Mat 7:15; 1Co 10:14; 2Te 2:2
4:2 Jua 1:14; 1Co 12:3
4:3 2Jn 1:7
4:4 Jua 12:31; 16:33; Rom 8:31
4:5 Jua 15:19
4:6 Mar 13:5; Jua 8:47; 14:17
4:7 Jua 1:13
4:9 Jua 1:18; 3:16-17
4:10 Rom 3:25; 5:8,10
4:11 Jua 3:16; 15:12; 1Co 10:14
4:12 Jua 1:18

Subukin ang mga Espiritu

4 Mga minamahal, huwag ninyong paniwalaan ang bawat
espiritu, sa halip ay subukin ninyo ang mga espiritu
kung sila ay mula sa Diyos sapagkat maraming bulaang
propeta ang narito na sa sanlibutan. 2Sa pamamagitan nito ay
nakikilala ninyo ang Espiritu ng Diyos. Ang bawat espiritung
nagpapahayag na si Jesu-Cristo ay pumarito na nagkatawang-
tao ay nagmula sa Diyos. 3Ngunit ang bawat espiritu na hindi
nagpapahayag na si Jesu-Cristo na pumarito ay nagkatawang-
tao, ay hindi mula sa Diyos. At ito ang espiritu ng anticristo na
narinig ninyong darating at ngayon ay narito na sa sanlibutan.
4Munting mga anak, kayo ay mula sa Diyos at sila ay
napagtagumpayan na ninyo sapagkat higit siya na nasa inyo kaysa
sa kaniya na nasa sanlibutan. 5Sila ay mula sa sanlibutan kaya
sila ay nagsasalita mula sa sanlibutan at pinakikinggan sila ng
sangkatauhan. 6Tayo ay mula sa Diyos. Siya na nakakakilala sa
Diyos ay nakikinig sa atin. Siya na hindi mula sa Diyos ay hindi
nakikinig sa atin. Sa pamamagitan nito ay nakikilala natin ang
espiritu ng katotohanan at ang espiritu ng kamalian.

Ang Pag-ibig sa Diyos

7Mga minamahal, mag-ibigan tayo sa isa't isa sapagkat
ang pag-ibig ay mula sa Diyos at ang bawat isang umiibig ay
ipinanganak na mula sa Diyos at nakakakilala sa Diyos. 8Siya
na hindi umiibig ay hindi kilala ang Diyos sapagkat ang Diyos
ay pag-ibig. 9Sa pamamagitan nito ay nahayag ang pag-ibig ng
Diyos sa atin sapagkat isinugo ng Diyos ang kaniyang bugtong
na Anak sa sanlibutan upang tayo ay mabuhay sa pamamagitan
niya. 10Ito ang pag-ibig, hindi sapagkat inibig natin ang Diyos
kundi dahil siya ang umibig sa atin at isinugo ang kaniyang
Anak na maging kasiya-siyang handog para sa ating mga
kasalanan. 11Mga minamahal, kung sa ganitong paraan ay
inibig tayo ng Diyos, dapat din tayong mag-ibigan sa isa't isa.
12Walang sinuman ang nakakita sa Diyos kahit kailan. Kung

tayo ay nag-iibigan sa isa't isa, ang Diyos ay nananatili sa atin at ang kaniyang pag-ibig ay nagiging-ganap sa atin. 13Sa pamamagitan nito, nalalaman natin na tayo ay nananatili sa kaniya at siya sa atin, sapagkat ibinigay na niya sa atin ang kaniyang Espiritu. 14Aming nakita at aming pinatototohanan na isinugo ng Ama ang Anak upang maging Tagapagligtas ng sangkatauhan. 15Ang sinumang magpapahayag na si Jesus ay Anak ng Diyos, ang Diyos ay nananatili sa kaniya at siya ay sa Diyos. 16At alam na natin at sinampalatayanan na natin ang pag-ibig na tinataglay ng Diyos para sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig at ang nananatili sa pag-ibig ay nananatili sa Diyos at ang Diyos ay sa kaniya.

17Sa pamamagitan nito ay nagiging ganap na sa atin ang pag-ibig upang tayo ay magkaroon ng lakas ng loob sa araw ng kahatulan, sapagkat kung paano siya ay gayundin tayo sa sanlibutang ito. 18Ang takot ay wala sa pag-ibig. Ngunit ang ganap na pag-ibig ay nag-aalis ng takot sapagkat ang takot ay nagtataglay ng kaparusahan. Subalit siya na natatakot ay hindi pa pinapaging ganap sa pag-ibig. 19Iniibig natin siya sapagkat siya ang unang umibig sa atin.

20Kapag sinabi ng sinuman, "Iniibig ko ang Diyos," ngunit mamumuhi sa kaniyang kapatid, siya ay sinungaling sapagkat siya ay hindi umiibig sa kaniyang kapatid na kaniyang nakita. Paano niya nakakayanang ibigin ang Diyos na hindi niya nakita? 21At ito ang utos na tinanggap natin mula sa kaniya, siya na umiibig sa Diyos ay iibigin din niya ang kaniyang kapatid.

Pananampalataya sa Anak ng Diyos

5 Ang bawat isang sumasampalataya na si Jesus ang Cristo, siya ay ipinanganak na mula sa Diyos, at ang bawat isang umiibig sa kaniya na pinagmulan ng kapanganakan ay umiibig din sa ipinanganak na mula sa Diyos. 2Sa pamamagitan nito ay nalalaman natin na iniibig natin ang mga anak ng Diyos kapag iniibig natin ang Diyos at tinutupad natin ang kaniyang mga utos, 3sapagkat ito ang pag-ibig ng Diyos, upang ating tuparin ang kaniyang mga utos at ang kaniyang mga utos ay hindi mabigat. 4Dahil ang bawat isang ipinanganak mula sa Diyos ay nagtatagumpay sa sanlibutan, at ito ang pagtatagumpay ng isang matagumpay sa sanlibutan: ang ating pananampalataya. 5Sino ang mapagtagumpay sa sanlibutan? Hindi ba siya na sumasampalataya na si Jesus ang Anak ng Diyos?

6Siya itong pumarito sa pamamagitan ng tubig at dugo, si Jesus, ang Cristo na pumarito hindi sa pamamagitan ng tubig lamang kundi sa pamamagitan ng tubig at dugo. At ang Espiritu ang siyang nagpapatotoo sapagkat ang Espiritu ay katotohanan. 7May tatlong nagpapatotoo sa langit, ang Ama, ang Salita,

4:14 Luc 2:11; Jua 3:17; 15:27
4:17 Mat 10:15; Efe 3:12
4:18 Rom 8:15
4:20 Jua 1:18
4:21 Mat 5:43
5:1 Jua 3:15; 8:42
5:3 Mat 11:30; Jua 14:15
5:4 Jua 1:13; 16:33
5:6 Jua 14:17; 19:34
5:7 Mat 18:16

ang Banal na Espiritu. Ang tatlong ito ay isa. 8 At may tatlong
nagpapatotoo sa lupa, ang Espiritu, ang tubig at ang dugo. Ang
tatlong ito ay nagkakaisa.

9 Kung tinatanggap natin ang patotoo♦ ng mga tao, higit pa
ang patotoo ng Diyos sapagkat ito ang patotoo ng Diyos na
pinatotohanan na niya patungkol sa kaniyang Anak. 10 Siya na
sumasampalataya sa Anak ng Diyos ay nagtataglay ng patotoo
sa kaniyang sarili. Siya na hindi sumasampalataya sa Diyos,
ginawa na niyang sinungaling ang Diyos sapagkat hindi niya
sinampalatayanan ang patotoo na pinatotohanan na ng Diyos
patungkol sa kaniyang Anak. 11 At ito ang patotoo, na tayo ay
binigyan ng Diyos ng buhay na walang hanggan at ang buhay
na ito ay nasa kaniyang Anak. 12 Siya na kinaroroonan ng Anak
ay kinaroroonan ng buhay. Siya na hindi kinaroroonan ng Anak
ng Diyos ay hindi kinaroroonan ng buhay.

5:9 Mat 3:16-17; Jua 5:32, 34,37
5:10 Jua 3:33; Rom 8:16; Gal 4:6
5:11 Mat 25:46; Jua 1:4
5:12 Jua 3:15-16,36
5:13 Mat 25:46
5:14 Mat 7:7; Efe 3:12
5:16 Heb 6:4-6; San 5:15
5:18 Mat 5:37; Jua 1:13
5:19 Jua 12:31
5:20 Mat 25:46; Luc 24:45; Jua 17:3
5:21 1Co 10:14; 1Te 1:9

Mga Panghuling Salita

13 Isinulat ko ang mga bagay na ito sa inyo na
sumasampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos upang inyong
malaman na kayo ay mayroong buhay na walang hanggan at
upang kayo ay sumampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos.

14 At ito ang lakas ng loob na mayroon tayo sa harap niya, na
kapag humiling tayo ng anumang bagay ayon sa kaniyang kalooban,
dinirinig niya tayo. 15 At kapag alam na natin na dinirinig niya tayo,
anuman ang hilingin natin ay alam na natin na mayroon tayong
katugunan sa mga kahilingan na hiniling na natin sa kaniya.

16 Kapag makita ng sinuman ang kaniyang kapatid na
nagkakasala ng kasalanang hindi ikamamatay, siya ay hihiling
at siya ay bibigyan ng Diyos ng buhay. Ito ay para sa kanila
na nagkakasala ng kasalanang hindi ikamamatay. Mayroong
kasalanang ikamamatay, hindi ko sinasabing ipanalangin niya
ito. 17 Ang lahat ng kalikuan ay kasalanan at may kasalanang
hindi ikamamatay.

18 Alam natin na ang bawat ipinanganak mula sa Diyos ay
hindi nagpapatuloy sa kasalanan. Sa halip, siya na ipinanganak
mula sa Diyos ay nag-iingat sa kaniyang sarili at hindi siya
hinahawakan niyaong masama.

19 Alam na natin na tayo ay mula sa Diyos at ang buong
sanlibutan ay nakahimlay sa kasamaan.

20 Ngunit alam na natin na pumarito ang Anak ng Diyos at
binigyan niya tayo ng pang-unawa upang makilala natin siya na
totoo. Tayo ay nasa kaniya na totoo, sa kaniyang Anak na si Jesu-
Cristo. Siya ang totoong Diyos at ang buhay na walang hanggan.

21 Munting mga anak, lumayo kayo sa mga diyos-diyosan.
Siya nawa.

ANG IKALAWANG SULAT NI JUAN

Sumulat: Juan
Para Kanino: Sa hinirang na ginang at sa kaniyang mga anak
Taon: A.D. 80-95

Panimulang Salita sa Ikalawang Sulat ni Juan

Ang Imperyo ng Roma ang nagtatag ng kapayapaan sa buong lupain ng Mediteraneo, at dahil dito ay naging madali at ligtas ang paglalakbay. Subalit ang mga bahay-panuluyan nang panahong iyon ay kilala sa kasamaan, kaya ang mga ito ay hindi kaaya-ayang lugar para sa mga naglalakbay na mga mangangaral. Gayunpaman, sila ay nakakita ng matutuluyan sa mga bahay ng mga mananampalataya. Sinamantala ng mga bulaang guro ang ganitong magiliw na pagtanggap, at ang kanilang maling katuruan ay lumikha ng matinding suliranin sa mga mananampalataya. Kaya tinalakay ni Juan ang kalagayang ito.

Ang 2 Juan at 3 Juan ay maraming pagkakatulad at kapwa tumatalakay sa paksa ng katotohanan at ng pag-ibig. Ang mga ito ay isinulat ng iisang manunulat, "ang Matanda." Bagaman hindi lubusang ipinakilala ng manunulat ang kaniyang sarili, ang iglesiya sa buong kapanahunan ay naniniwala na "ang Matanda" ay si apostol Juan. Ang mga sulat na ito ay maaaring isinulat ni Juan sa panahon nang isinulat niya ang kaniyang ebanghelyo, sa kalagitnaan ng A.D. 80 at 95, habang siya ay naglilingkod sa iglesiya ng Efeso.

Ang 2 Juan ay isinulat niya para sa "hinirang na ginang at sa kaniyang mga anak" (1:1). Ang salitang "ginang" ay maaaring tumutukoy sa isang ginang sa iglesiya, o sa buong iglesiya. Anuman ang ating pagkaunawa sa salitang "ginang," ang layunin sa pagsulat ay gayon pa rin. Si Juan ay sumulat sa mga mananampalatayang nangangailangan ng katuruan patungkol sa pag-ibig, katotohanan at kadalisayan.

Pinararangalan ni Juan ang mga mananampalataya sa kanilang katapatan sa katotohanan (1:1-4). Tinuturuan niya silang sumunod sa mga kautusan ng Diyos sa pamamagitan ng pag-iibigan sa isa't isa (1:5-6). Ang pag-ibig sa isa't isa na nakasalig sa katotohanan ang magpapanatili ng kadalisayan ng iglesiya. Mapapanatili rin ng mga ito ang kadalisayan ng iglesiya sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga bulaang guro at ng paglaban sa kanila (1:7-11). Huwag ninyo silang batiin. Ang sulat niyang ito ay tinapos sa pamamagitan ng pagsasabi ng kaniyang hangarin na madalaw niya ang mga mananampalataya (1:12-13).

Nanawagan ang Diyos sa mga mananampalataya na mag-ibigan sa isa't isa, subalit ipinag-utos din niya na ating panghawakan ang katotohanan at tanggihan ang maling katuruan. Ang pagsunod sa mga tungkuling ito ay hindi magkakasalungat. Ang sulat na ito ay tumutulong sa mananampalataya na malaman kung paano gawing may katapatan ang lahat ng ito.

Balangkas ng Ikalawang Sulat ni Juan:

Panimula (*1:1-3*)
I. Pinarangalan ni Juan ang mga mananampalataya sa kanilang katapatan sa katotohanan (*1:4*).
II. Inutusan ni Juan ang mga mananampalataya na mag-ibigan sa isa't isa (*1:5-6*).
III. Inutusan ni Juan ang mga mananampalataya na tanggihan ang mga bulaang guro (*1:7-11*).
Pangwakas (*1:12-13*)

1 Ang Matanda, sa hinirang na ginang at sa kaniyang mga
anak na aking iniibig sa katotohanan, at hindi lamang ako
kundi ang lahat din ng nakaalam na ng katotohanan, 2alang-
alang sa katotohanang nananatili sa atin at mamamalagi sa atin
magpakailanman:

3Sumainyo ang biyaya, kahabagan at kapayapaang mula sa
Diyos Ama at mula sa Panginoong Jesu-Cristo, ang Anak ng
Ama sa katotohanan at sa pag-ibig.

1:1 Jua 8:32; Gaw 11:30; Rom 16:13; 1Ti 2:4; 1Pe 5:13
1:2 Jua 14:17; 2Pe 1:12; 1Jn 1:8
1:3 Rom 1:7
1:4 3Jn 1:3-4
1:5 1Jn 2:7
1:6 Jua 14:15; 1Jn 2:5,7
1:7 Jua 1:14; 1Jn 2:18,22
1:8 Mat 10:42; Mar 10:29-30; 1Co 3:8; Heb 10:35-36
1:9 Jua 8:31; 1Jn 2:23
1:10 Rom 16:17
1:11 1Ti 5:22
1:12 Jua 3:29; 3Jn 1:13-14

4Labis akong nagalak dahil nakita ko na ang iyong mga anak
na lumalakad sa katotohanan, ayon sa tinanggap nating utos
mula sa Ama. 5At ngayon, ako ay nakikiusap sa iyo, ginang,
hindi sa waring sumusulat ako sa iyo ng isang bagong utos
kundi yaong tinataglay natin mula sa simula na tayo ay mag-
ibigan sa isa't isa. 6At ito ang pag-ibig, na tayo ay lumakad ayon
sa kaniyang mga utos. Ito ang utos na siyang dapat ninyong
lakaran ayon sa inyong narinig mula sa simula.

7Sapagkat maraming mga manlilinlang ang pumarito sa
sanlibutan, sila yaong mga hindi nagpapahayag na si Jesu-
Cristo ay pumarito na nagkatawang-tao. Ito ang manlilinlang
at ang anticristo. 8Ingatan ninyo ang inyong mga sarili upang
huwag mawala sa atin ang mga bagay na ating pinagpagalan
kundi upang matanggap natin ang buong gantimpala.

9Ang bawat sumasalangsang at hindi nananatili sa katuruan
ni Cristo ay walang Diyos. Siya na nananatili sa katuruan ni
Cristo ay nasa kaniya kapwa ang Ama at ang Anak. 10Kung ang
sinuman ay dumating sa inyo at hindi dinadala ang katuruang
ito, huwag ninyo siyang tanggapin sa inyong bahay at huwag
ninyo siyang batiin nang may kagalakan*, 11sapagkat siya na
bumabati sa kaniya nang may kagalakan †ay nakikibahagi sa
kaniyang masasamang gawa.

12Bagaman ako ay maraming mga bagay na isusulat sa inyo,
hindi ko ninais sumulat sa pamamagitan ng papel at tinta, sa
halip ay umaasa akong makapunta sa inyo at makausap kayo ng
harapan upang malubos ang ating kagalakan.

13Binabati ka ng mga anak ng kapatid mong babaing
hinirang. Siya nawa.

---

* **1:10** *batiin nang may kagalakan*: Ito ay isang pagbati ng paghayo na kadalasang ginagawa ng mga Judio upang naisin ang kabutihan at pagtatagumpay ng kapwa sa paghayo niya sa kaniyang lakad.
† **1:11** *bumabati sa kaniya nang may kagalakan*: Katulad ng "batiin siya ng kagalakan."

ANG IKATLONG SULAT NI JUAN

Sumulat: Si Juan
Para Kanino: Kay Gayo
Taon: A.D. 80-95

Panimulang Salita sa Ikatlong Sulat ni Juan

Ang 3 Juan ay tumutukoy sa katulad na usapin sa 2 Juan (tingnan sa Panimulang Salita sa Ikalawang Sulat ni Juan), ang magiliw na pagtanggap sa mga naglalakbay na mangangaral. Maaaring si apostol Juan din ang sumulat nito sa kalagitnaan ng A.D. 80 at 95, habang siya ay naglilingkod sa iglesiya ng Efeso. Ang makasaysayang kalagayan ay katulad sa 2 Juan, at ang mga paksa ng katotohanan at ng pag-ibig ay kapwa nasa mga sulat na ito. Ang 2 Juan ay tumatalakay sa mga bulaang guro subalit ang 3 Juan ay tumatalakay sa mga mangangaral na humahayo alang-alang sa pangalan ni Jesus. Sa 2 Juan, si apostol Juan ay nagbabala sa mga mananampalataya na huwag nilang tanggapin ang mga bulaang guro, subalit sa 3 Juan ay pinalakas niya ang loob ng mga mananampalataya na kanilang tanggapin ang mga tagapaglingkod ng katotohanan.

Ang 3 Juan ay isinulat ni Juan para kay Gayo (1:1) na maaring isang pinuno ng iglesiya. Ipinahiwatig ni Juan na si Gayo ay isang pinuno ng iglesiya sapagkat siya ay sumulat kay Gayo ng mga salitang paghatol kay Diotrefes at mga salitang pagpaparangal kay Demetrio. Malinaw na si Gayo ay may kapamahalaan na pangunahan ang iglesiya ayon sa mga iniutos ni Juan. Sinabi rin niya na si Gayo ay tumatanggap sa kaniyang tahanan ng mga mangangaral na naglalakbay. Kadalasan, ang mga namumuno sa iglesiya ang gumagawa ng gayong mga gawain.

Sinimulan ni Juan ang maikling sulat na ito sa pamagitan ng pagpaparangal kay Gayo at pananalangin para sa kaniya (1:1-2). Tinataglay ni Gayo ang katotohanan at ipinamumuhay niya ito (1:3-4). Sa pamamagitan ng pagtanggap niya sa mga mangangaral na naglalakbay, ipinapakita niya ang pananampalataya (1:5) at pag-ibig (1:6). Ito ay mabuti (1:6) at mahalagang gawain (1:7), at siya ay naging kamanggagawa para sa katotohanan (1:8). Pagkatapos ay hinatulan ni Juan si Diotrefes sa kaniyang pagtanggi sa mga mangangaral (1:9-11). Inilantad ni Juan ang mga makasariling layunin at masasamang gawain ni Diotrefes. Tinapos ni Juan ang kaniyang sulat sa pamamagitan ng pagpaparangal kay Demetrio (1:12) at pagpapakita ng kaniyang pag-ibig kay Gayo (1:13-14).

Bilang mga mananampalataya, mayroon tayong tungkulin na tanggihan ang mga bulaang guro. Subalit kung ang mga manggagawa ay tunay na mga tagapaglingkod ng katotohanan, hindi tayo dapat magkulang sa pag-ibig sa kanila. Gagantimpalaan ng Panginoon ang ating kabutihan sa kanila (1:5).

Balangkas ng Ikatlong Sulat ni Juan

Panimula (*1:1*)
I. Pinarangalan ni Juan si Gayo (*1:2-8*).
II. Hinatulan ni Juan si Diotrefes (*1:9-11*).
III. Ikinararangal ni Juan si Demetrio (*1:12*).
Pangwakas (*1:13-14*)

---

1 Ang Matanda,
Sa minamahal na Gayo na aking iniibig sa katotohanan.
2 Minamahal, hinahangad ko na sumagana ka sa lahat ng

1:1 Gaw 11:30; 2Jn 1:1

mga bagay at maging malusog tulad ng pinasasagana ang iyong
kaluluwa. 3Sapagkat labis akong nagalak sa pagdating ng mga
kapatid at sa pagpapatotoo patungkol sa katotohanan na nasa
iyo, kung paano ka lumalakad sa katotohanan. 4Wala nang higit
pang kagalakang mayroon ako na aking marinig na ang aking
mga anak ay lumalakad sa katotohanan.

5Minamahal, buong katapatan mong ginagawa ang anuman
kapag ginagawa mo ang mga ito sa mga kapatid at sa mga
dayuhan. 6Sila ang nagpatotoo sa iyong pag-ibig sa harap
ng iglesiya. Yaong gagawin mong pagpapahayo sa kanila
na karapat-dapat sa Diyos ay mabuti 7sapagkat alang-alang
sa kaniyang pangalan, sila ay humayo na walang kinuhang
anuman sa mga Gentil♦. 8Kaya nga, dapat nating tanggapin ang
mga katulad nila upang tayo ay maging mga kamanggagawa sa
katotohanan.

9Sumulat ako sa iglesiya, ngunit hindi kami tinatanggap
ni Diotrefes na nagnanais na maging pinakamataas sa kanila.
10Dahil dito, kapag ako ay makapariyan, ipapaalala ko ang
mga gawa na kaniyang ginagawa, ang masasamang salita
na kaniyang ipinaratang patungkol sa amin. At hindi pa siya
nasiyahan sa mga ito, hindi niya tinatanggap ang mga kapatid at
pinagbabawalan yaong mga nagnanais tumanggap sa kanila at
itinataboy sila mula sa iglesiya.

11Minamahal, huwag ninyong tularan ang masama kundi
ang mabuti. Siya na gumagawa ng mabuti ay mula sa Diyos,
ngunit siya na gumagawa ng masama ay hindi pa nakakakita sa
Diyos.

12Maganda ang patotoo♦ ng lahat patungkol kay Demetrio at
ito ay sa pamamagitan mismo ng katotohanan. At kami rin ay
nagpapatotoo at alam ninyo na ang aming patotoo ay totoo.

13Maraming mga bagay akong isusulat ngunit hindi ko
ninanais na sumulat sa iyo sa pamamagitan ng tinta at panulat.
14Gayunpaman umaasa ako na makikita kita kaagad at mag-
uusap tayo ng harapan. Kapayapaan ang sumaiyo. Binabati ka
ng ating mga kaibigan. Batiin mo ang mga kaibigan ayon sa
kanilang pangalan.

1:3 Gaw 1:16; 2Jn 1:4
1:4 1Jn 2:1
1:5 Rom 12:13; Heb 13:2
1:6 Gaw 15:3; 1Co 16:11; 2Co 1:16; Efe 4:1
1:7 Jua 15:21; Gaw 20:33,35
1:10 Jua 9:22, 34; 2Jn 1:12
1:11 1Jn 2:29; 3:6,9-10
1:12 Jua 19:35; 1Ti 3:7
1:14 Jua 10:3; Rom 1:7; Efe 6:23; 2Jn 1:12

ANG SULAT NI JUDAS

Sumulat: Judas
Para Kanino: Sa mga mananampalataya
Taon: A.D. 67-80

Panimulang Salita sa Sulat ni Judas

Ang makasaysayang kalagayan ng sulat na ito ay katulad ng nasa 2 Pedro (tingnan ang Panimulang Salita sa Ikalawang Sulat ni 2 Pedro). Subalit sa kalagayang ito, ang mga taong hindi makadiyos ay nakapasok na sa mga iglesiya (1:4). Sila ay kasa-kasama ng mga mananampalataya, ngunit hindi pa rin nakikita ng mga mananampalataya ang malaking panganib sa kalagitnaan nila. Gayunpaman, nakita ni Judas na kailangang-kailangan niyang sumulat sa mga mananampalatayang ito patungkol sa "kaligtasang para sa lahat," subalit kinakailangan din niyang harapin ang mapanganib na kalagayan ng iglesiya (1:3). Maaring isinulat niya ito sa pagitan ng A.D. 67 at 80. Hindi niya tinukoy kung para kanino ang sulat na ito, maliban na sila ay mga mananampalataya (1:1).

Ang pagpapakilala lamang ni Judas sa kaniyang sarili ay ang "lingkod ni Cristo Jesus," bagaman siya rin ay nakababatang kapatid na lalaki ni Jesus. Nang si Jesus ay naipanganak, isinilang pa ni Maria sina Santiago, Judas at iba pa, at ang kanilang ama ay si Jose (Mar 6:3). Marahil ang mga kapatid ni Jesus ay tumangging maniwala sa kaniya sa unang bahagi ng kaniyang paglilingkod (Jua 7:3-8). Subalit sila ay sumampalataya rin naman at sila ay sumama sa mga mananampalataya sa araw ng Pentecostes (Gaw 1:14).

Mariing ipinagtatagubilin ni Judas sa sulat na ito ang mga mananampalataya na ipaglaban nilang masigasig ang pananampalataya, ang buong katotohanan na ipinagkatiwala ni Jesus sa iglesiya. Sinabi niya sa kanila na ang bagay na ito ay kailangang-kailangan, at sila ay binigyan niya ng babala patungkol sa hindi makadiyos na mga bulaang guro sa kalagitnaan nila (1:3-4). Siya ay nagbigay ng tatlong halimbawa mula sa Lumang Tipan upang ipakita na tiyak ang paghatol ng Diyos (1:5-7). Siya ay nagpaalala sa kanila ng tatlong kadahilanan na kanilang ipaglaban ang pananampalataya at kaniyang inilantad ang kasamaan ng mga taong hindi makadiyos at ang tiyak na paghatol ng Diyos sa kanila (1:8-16). Kaniyang ibinalangkas ang mga tungkulin ng mga mananampalataya sa pakikipaglabang ito (1:17-23).

Kinakailangang alalahanin ng mga mananampalataya ang mga salita ng mga apostol, panatilihin nila ang kanilang mga sarili sa pag-ibig ng Diyos at sagipin ang mga biktima ng mga taong hindi makadiyos. Ang Diyos lamang ang "makakapag-ingat sa [atin] mula sa pagkakatisod at makakapagharap sa [atin] nang walang kapintasan na may malaking galak" (1:24-25).

Balangkas ng Sulat ni Judas:

Panimula (*1:1-2*)
I. Pinagtatagubilinan ni Judas ang mga mananampalataya na makipaglaban para sa pananampalataya dahil sa mga taong hindi makadiyos (*1:3-4*).
II. Inilalantad ni Judas ang mga kasamaan ng mga taong hindi makadiyos at ang paghatol ng Diyos (*1:5-19*).
III. Iniuutos ni Judas sa mga mananampalataya na ingatan nila ang kanilang mga sarili sa pakikipaglaban sa mga taong hindi makadiyos (*1:20-21*).
IV. Pinalalakas ni Judas ang loob ng mga mananampalataya upang kanilang masagip ang mga biktima ng mga taong hindi makadiyos (*1:22-23*).
Pangwakas (*1:24-25*)

1 Si Judas, ang alipin ni Jesu-Cristo at kapatid ni Santiago,
sa kanila na mga pinaging-banal na ng Diyos Ama at mga
iningatan na ni Jesu-Cristo at sa mga tinawag.
2 Sumagana nawa sa inyo ang kahabagan at ang
kapayapaan at ang pag-ibig.

Hahatulan ang Hindi Makadiyos

3 Mga minamahal, habang ginagawa ko nang buong
pagsisikap na sumulat sa inyo patungkol sa kaligtasang
para sa lahat, kinakailangan na ako ay sumulat sa inyo
upang pagtagubilinan kayo na masigasig ninyong ipaglaban
ang pananampalatayang ipinagkatiwalang minsanan sa
mga banal 4 sapagkat ang ilang tao ay lihim na pumasok,
na isinulat na noong una patungo sa kahatulang ito, mga
taong hindi makadiyos, na ang biyaya ng ating Diyos
ay pinapalitan nila ng kahalayan at ipinagkakaila nila
ang natatanging Panginoong Diyos at ating Panginoong
Jesu-Cristo.

5 Kaya ninanais ko na ipaalala sa inyo kahit ito ay
nalaman na ninyo minsan, sapagkat pagkatapos iligtas ng
Panginoon ang kaniyang bayan mula sa lupain ng Egipto,
sa ikalawang pagkakataon ay kaniyang nilipol yaong mga
hindi sumampalataya. 6 At ang mga anghel♦ na hindi nanatili
sa kanilang simula, sa halip ay iniwan ang kanilang sariling
dakong pinananahanan, ay inilaan na ng Diyos sa walang
hanggang pagkabilanggo sa ilalim ng kadiliman para sa
dakilang araw ng paghuhukom. 7 Kung paanong ang Sodoma
at Gomora at sa kanilang mga kalapit na lungsod, na sa
gayun ding paraan ay nagpakabuyo sila sa pakikiapid at
sinundan ang mahalay na pagnanasa sa ibang laman, ay
inilagay na halimbawa sa atin nang sila ay dumanas ng
parusa ng apoy na walang hanggan.

8 Gayundin naman, ang mga tao ring ito na nananaginip
ay totoong dinudungisan ang kanilang katawan at
tinatanggihan ang mga kapamahalaan at nilalait ang mga
maluwalhating nilalang. 9 Ngunit nang si arkanghel Miguel
ay nakikipaglaban sa diyablo♦ at nakikipagtalo patungkol sa
bangkay ni Moises, hindi siya naglakas-loob na magbigay
ng mapanglait na hatol. Sa halip ay sinabi niya, "Ang
Panginoon nawa ang sumaway sa iyo." 10 Subalit nilalait
ng mga taong ito ang anumang bagay na totoong hindi
nila nalalaman. Ngunit ang anumang bagay na kanilang
nauunawaan ay ginagamit nila sa kanilang sariling kasiraan
katulad ng mga hayop na walang likas na katwiran. 11 Sa
aba nila! Sapagkat sila ay lumakad sa landas ni Cain, at

1:1 Mat 13:55; Jua 14:22; 17:12
1:2 Rom 1:7; Gal 6:16
1:3 Gaw 6:7; 9:13; 1Co 10:14; 1Ti 6:12; Tit 1:4
1:4 Gal 2:4; Tit 1:16; 2Pe 2:1; 1Jn 2:22
1:5 1Co 10:1-5; Heb 3:16; 2Pe 1:12-13; 1Jn 2:20
1:6 2Pe 2:4,9
1:7 Mat 10:15; 25:41; 2Pe 3:7
1:8 2Pe 2:10
1:9 1Te 4:16; Pah 12:7
1:10 2Pe 2:12
1:11 Heb 11:4; 2Pe 2:15; 1Jn 3:12

sila ay nagmadali na may kasakiman sa kabayarang salapi
sa matinding pandaraya ni Balaam at sila ay nilipol sa
paghihimagsik ni Core.
12 Ang mga taong ito ay mga batik sa inyong pagsasalu-salo
sa hapag ng pag-ibig habang nakikisalo silang kasama ninyo na
walang takot na pinangangalagaan ang kanilang sarili. Sila ay
mga ulap na walang tubig na dinadala ng mga hangin. Sila ay
mga punongkahoy na tuyot ang mga bunga, hindi mabungahin,
dalawang ulit nang namatay at binunot na nakalabas ang ugat.
13 Sila ay mga nagngangalit na alon ng dagat na pinapaapaw
na parang bula ang kanilang sariling kahihiyan. Sila ay mga
bituing naliligaw na sa kanila ay inilaan na magpakailanman
ang kapanglawan ng kadiliman.
14 Ngunit naghayag din sa kanila si Enoc, na ikapitong
henerasyon mula kay Adan, na sinasabi, "Narito, ang
Panginoon ay dumarating na kasama ang kaniyang hindi
mabilang na mga banal 15 upang isagawa ang hatol laban sa
lahat at upang ang lahat ng mga hindi makadiyos na nasa
kanila ay usiging lubos patungkol sa lahat ng kanilang mga
gawaing hindi makadiyos na kanilang ginawa sa paraang hindi
makadiyos, at patungkol sa lahat ng malulupit na pananalita
laban sa Diyos na sinasabi ng mga makasalanang hindi
makadiyos."
16 Ang mga taong ito ay madaing at maangal na lumalakad
ayon sa kanilang masasamang pagnanasa, at ang kanilang
bibig ay nagsasalita ng mga pinalaking salita na nagbibigay ng
pakunwaring papuri sa harap ng mga tao dahil sa pakinabang.

Magpakatatag Kayo sa Pananampalataya

17 Ngunit kayo, mga minamahal, alalahanin ninyo ang mga
salita na noong una pa ay ipinahayag na sa inyo ng mga apostol
ng ating Panginoong Jesu-Cristo, 18 kung paanong sinasabi
nila sa inyo na sa huling panahon ay magkakaroon ng mga
manunuya na lumalakad ayon sa masasamang pagnanasa ng
mga hindi makadiyos. 19 Ang mga ito ay yaong mga lumilikha
ng pagkabaha-bahagi, mga makalaman at hindi nila tinataglay
ang Espiritu.
20 Ngunit kayo, mga minamahal, sa inyong pagpapatatag
ng inyong sarili sa kabanal-banalang pananampalataya,
manalangin kayo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.
21 Panatilihin ninyo ang inyong sarili sa pag-ibig ng Diyos
habang kayo ay naghihintay ng kahabagan ng ating Panginoong
Jesu-Cristo patungo sa buhay na walang hanggan.
22 At sila na nag-aalinlangan ay inyong kahabagan, 23 at ang
iba ay sagipin ninyo ng may banal na pagkatakot. Agawin

1:12 Mat 15:13; Efe 4:14; 2Pe 2:13,17
1:13 Flp 3:19; 2Pe 2:17
1:15 1Ti 1:9; 2Pe 2:6-9
1:16 1Co 10:10; 2Pe 2:18
1:17 Efe 4:11; Heb 2:3; 2Pe 3:2
1:18 1Ti 4:1; 2Ti 3:1
1:19 1Co 2:14-15
1:20 Efe 6:18; Col 2:7
1:21 Mat 25:46; Heb 9:28; 2Pe 3:12
1:23 1Co 3:15; Pah 3:4

ninyo sila mula sa apoy at kamuhian ninyo ang tunika na nadungisan ng laman.

Pagpupuri sa Diyos

1:24 Jua 5:44; Rom 11:36; 1Ti 1:17; Heb 13:8

24 At sa Diyos na makakapag-ingat sa inyo mula sa
pagkakatisod at makakapagharap sa inyo nang walang
kapintasan na may malaking galak sa harapan ng kaniyang
kaluwalhatian, **25** sa nag-iisang marunong na Diyos na
ating Tagapagligtas, sa kaniya ang kaluwalhatian at ang
kadakilaan, ang kapangyarihan at kapamahalaan ngayon at
magpakailanman. Siya nawa!

ANG PAHAYAG KAY JUAN

Sumulat: Juan
Para Kanino: Sa pitong iglesiya na nasa Asya Menor
Taon: A.D. 95

Panimulang Salita sa Pahayag kay Juan

Si apostol Juan ang nagkaroon ng karapatan sa pagsulat ng limang aklat ng Bagong Tipan: Ang Ebanghelyo ni Juan, 1 Juan, 2 Juan, 3 Juan at Pahayag. Siya ay nakasama ni Cristo sa panahon ng paglilingkod ni Jesus dito sa lupa. Siya ay sumulat bilang isang saksi sa mga makapangyarihang salita at mga gawa ni Jesus. At naranasan din ni Juan ang pagsama ni Cristo sa kaniya pagkatapos niyang pumaitaas sa langit. Sa panahon ng A.D. 95, siya ay nabuhay bilang isang bilanggo sa isla ng Patmos. Sa panahon ng kahirapang ito sa kaniyang buhay, natanggap niya ang kapahayagan ni Jesu-Cristo. Ang aklat ng Pahayag ang nagtatala kung anu-ano ang mga ipinahayag ni Cristo kay Juan.

Ang pahayag na ito ay lubos na nagpalakas ng loob kay Juan at sa mga mananampalataya noong unang siglo. Sila ay nabuhay sa panahon ng paghahari ni Domician na Emperador ng Roma. Bagaman hindi niya iniutos ang malawakang pagmamalupit sa mga mananampalataya, inudyukan niya ang mga tao na kamuhian sila. Ang patunay sa pagkamuhing ito ay binanggit ni Juan sa mga isinulat niya para sa pitong iglesiya (kabanatang 2-3). Itinuturo rin ng mga sulat na ito na ang mga mananampalataya ay nangangailangan ng pagtutuwid, pagtuturo at pagkaunawa sa salita ng Diyos upang sila ay maging matapat. Kaya inutusan ni Cristo si Juan na kaniyang isulat ang mga salita sa pahayag na ito upang mabasa, marinig at maipamuhay ng mga mananampalataya (1:3).

Ibinigay ni Juan ang balangkas ng aklat na ito sa 1:19. Ang kabanatang 1 ay tumutukoy sa nakaraan, ang kahanga-hangang pangitain sa pagpaitaas ni Cristo sa langit. Ang kabanatang 2-3 ay nagsasalarawan ng mga bagay sa kasalukuyan, ang mga sulat sa pitong iglesiya sa Asya Menor. Ang kabanatang 4-22 ay nagbibigay ng balangkas ng mga bagay sa hinaharap: ang matinding paghihirap (kabanatang 4-19), ang isang libong taong paghahari ni Cristo (kabanatang 20) at ang walang hanggang kalagayan (kabanatang 21-22).

Isinulat ni Juan ang aklat na ito mula sa pangitaing tinanggap niya kay Cristo kaya tinatawag niya ito na isang paghahayag (1:3; 22:7, 10, 18, 19). Ang aklat ng Pahayag ay naghahayag ng maraming paghatol na darating sa lupa at sa mga kaaway ng Diyos. Ito ay naghahayag din ng maluwalhating pagwawakas ng gawain ni Cristo sa pagtubos kung kaya matatamo ni Cristo ang pagtatagumpay laban sa kaniyang mga kaaway. Bagaman ang Pahayag ay nakatuon sa paghahayag, ito ay isinulat ni Juan sa mga iglesiya upang tulungan ang mga mananampalataya na sumunod at magtapat hanggang sa wakas.

Ang Pahayag ay naghahayag ng pagtatagumpay ni Cristo at ng kaharian ng Diyos sa lupa. "Ang Kordero na siyang pinatay ay karapat-dapat na tumanggap ng kapangyarihan at kayamanan at karunungan at kalakasan at karangalan at kaluwalhatian at kapurihan!" (5:12).

Balangkas ng Aklat ng Pahayag kay Juan:

Panimula (*1:1-8*)
I. Isinalarawan ni Juan ang kaniyang pangitain kay Cristo na pumaitaas sa langit (*1:9-20*).
II. Ibinigay ni Juan ang mga mensahe ni Cristo para sa pitong iglesiya (kabanatang *2-3*).

III. Ibinalangkas ni Juan ang mga pangyayari sa hinaharap (kabanatang *4-22*).
a. Ang matinding paghihirap (kabanatang *4-19*)
b. Ang isang libong taong paghahari ni Cristo (kabanatang *20*)
c. Ang walang hanggang kalagayan (*21:1-22:5*)
Pangwakas (*22:6-21*)

Paunang Salita

1 Ang pahayag ni Jesu-Cristo, na ibinigay ng Diyos sa kaniya
upang ipakita sa kaniyang mga alipin kung ano ang mga
bagay na dapat mangyari sa lalong madaling panahon, ay
ipinahiwatig niya sa pamamagitan ng pagsugo ng kaniyang
anghel♦ kay Juan na kaniyang alipin, **2** na siyang sumaksi sa
salita ng Diyos at sa patotoo♦ ni Jesu-Cristo at sa anumang
nakita niya. **3** Pinagpala siya na nagbabasa at sila na nakikinig
sa mga salita ng pahayag at sila na tumutupad sa mga bagay na
nakasulat dito sapagkat ang panahon ay malapit na.

1:1 Jua 12:49
1:2 1Co 1:6; Heb 4:12
1:3 Luc 11:28; Rom 13:11
1:4 Rom 1:7
1:5 Jua 18:37; Rom 3:25; 8:37; Col 1:18; 1Ti 6:15
1:6 Rom 11:36; 15:6; 1Pe 2:5
1:7 Mat 16:27; Luc 17:30; Jua 19:34,37; 1Co 1:7; 1Te 2:19
1:9 Gaw 14:22; 2Co 1:7; Flp 4:14; 2Ti 2:12; Heb 4:12
1:10 Gaw 20:7
1:11 Gaw 16:14; 18:19; Col 2:1

Mga Pagbati at Papuri

4 Akong si Juan sa pitong iglesiya na nasa Asya:
Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa kaniya
na siyang kasalukuyan at siyang nakaraan at siyang darating, at
mula sa pitong Espiritu sa harapan ng kaniyang trono, **5** at mula
kay Jesu-Cristo, ang tapat na saksi, ang panganay mula sa mga
patay at ang pinuno ng mga hari ng lupa.
Sa kaniya na umibig sa atin at naghugas sa atin mula sa ating
mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang dugo, **6** at gumawa
sa atin na mga hari at mga saserdote sa kaniyang Diyos at
Ama, sa kaniya nawa ang kaluwalhatian at ang kapangyarihan
magpakailan pa man. Siya nawa.
7 Narito, siya ay dumarating kasama ng mga ulap at siya ay
makikita ng bawat mata at niyaong mga tumusok sa kaniya, at
ang lahat ng mga lipi sa daigdig ay tatangis dahil sa kaniya. Oo!
Siya nawa.
8 Sinasabi ng Panginoon, "Ako ang Alpha at ang Omega♦,
ang simula at ang wakas, ang siyang kasalukuyan at siyang
nakaraan at siyang parating, ang Makapangyarihan sa lahat."

Ang Kawangis ng Anak ng Tao

9 Ako si Juan, na inyo ring kapatid at kabahagi sa mga
paghihirap at sa paghahari at sa pagtitiis ni Jesu-Cristo. Ako
ay nasa pulo na tinatawag na Patmos dahil sa salita ng Diyos at
dahil sa patotoo ni Jesu-Cristo. **10** Ako ay nasa Espiritu sa Araw
ng Panginoon at narinig ko sa aking likuran ang napakalakas
na tinig na katulad sa tunog ng trumpeta, **11** na nagsasabi, "Ako
ang Alpha at ang Omega♦, ang una at ang huli," at "Isulat mo sa

isang aklat ang iyong nakikita at ipadala sa pitong iglesiya na
nasa Asya: sa Efeso, sa Esmirna, sa Pergamos, sa Tiyatira, sa
Sardis, sa Filadelfia at sa Laodicea."
12 At ako ay lumingon upang kilalanin ang tinig na nagsalita
sa akin. Sa aking paglingon ay nakita ko ang pitong gintong
lalagyan ng ilawan, 13 at sa gitna ng pitong lalagyan ng ilawan
ang katulad sa Anak ng Tao♦ na nakasuot ng kasuotang abot
sa paa at nakabigkis ng gintong pamigkis sa bandang mga
dibdib. 14 Ang kaniyang ulo at ang kaniyang mga buhok ay
katulad ng maputing balahibo ng tupa na kasimputi ng niyebe,
at ang kaniyang mga mata ay katulad ng alab ng apoy. 15 Ang
kaniyang mga paa ay katulad ng makinang na tanso na tulad
ng sinilaban sa pugon, at ang kaniyang tinig ay katulad ng
tunog ng maraming tubig. 16 Siya ay nagtataglay ng pitong
bituin sa kaniyang kanang kamay at mula sa kaniyang bibig ay
lumalabas ang matalas na tabak na may dalawang-talim at ang
kaniyang mukha ay katulad ng araw na sumisikat ng matindi.
17 At nang siya ay nakita ko, ako ay bumagsak sa kaniyang
paanan na parang patay at ipinatong niya sa akin ang kaniyang
kanang kamay na sinasabi sa akin, "Huwag kang matakot.
Ako ang una at ang huli. 18 Ako yaong nabubuhay at ako ay
namatay, ngunit narito, ako ay nabubuhay magpakailan pa man.
Siya nawa. Ako ang nagtataglay ng mga susi ng Hades♦ at ng
Kamatayan. 19 Isulat mo ang mga bagay na iyong nakita at ang
mga bagay sa kasalukuyan at ang mga bagay na mangyayari
pagkatapos nito. 20 Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita
sa aking kanang kamay at ang pitong gintong lalagyan ng
ilawan: ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong iglesiya
at ang pitong gintong lalagyan ng ilawan na iyong nakita ay ang
pitong iglesiya."

1:16 Mat 17:2; Heb 4:12
1:17 Mat 14:27
1:18 Rom 6:9
1:19 Heb 2:2
1:20 Mat 5:14-15
2:1 Gaw 18:19
2:2 2Co 11:13; 1Jn 4:1
2:3 Jua 15:21
2:4 Mat 24:12

Ang Sulat sa Iglesiya ng Efeso

2 "Sa anghel ng iglesiya ng Efeso, isulat mo, 'Ang mga bagay
na ito ang sinasabi niyaong humahawak ng pitong bituin
sa kaniyang kanang kamay, na siyang lumalakad sa gitna ng
pitong gintong lalagyan ng ilawan: 2 "Alam ko ang iyong mga
gawa at ang iyong pagpapagal at ang iyong pagtitiis, at kung
paanong hindi mo nakakayanang batahin ang mga masasama
at sinubok ang mga nagpapanggap na mga apostol ngunit sila
ay hindi ganoon sapagkat sila ay natagpuan mong mga bulaan.
3 At ikaw ay nagbata at nagtataglay ng pagtitiis at alang-alang
sa aking pangalan ikaw ay nagpagal at hindi nanlupaypay.
4 Gayunpaman ako ay mayroong isang bagay na laban sa
iyo sapagkat iniwan mo ang iyong unang pag-ibig. 5 Kaya
alalahanin mo kung saan ka nahulog at magsisi ka at gawin mo

ang mga dating gawain sapagkat kung hindi, ako ay kaagad na
darating sa iyo at aalisin ang lalagyan ng iyong ilawan mula sa
kaniyang kinalalagyan kapag ikaw ay hindi magsisi. 6Ngunit
ito ang iyong tinataglay, na kinamumuhian mo ang mga gawa
ng mga Nicolaita na kinamumuhian ko rin.
7“ ‘ “Siya na may pandinig, hayaan siyang makinig kung
ano ang sinasabi ng Espiritu sa mga iglesiya. Sa sinumang
nagtatagumpay, sa kaniya ko ipagkakaloob ang kumain mula sa
punongkahoy ng buhay na nasa gitna ng paraiso ng Diyos.” ’

Ang Sulat sa Iglesiya ng Esmirna

8“At sa anghel ng iglesiya ng Esmirna, isulat mo, ‘Ang mga
bagay na ito ang sinasabi niyaong una at huli na siyang namatay
ngunit nabuhay: 9“Alam ko ang iyong mga gawa at paghihirap
at karukhaan (ngunit ikaw ay mayaman) at ang paglapastangan
niyaong mga nagsasabing sila ay mga Judio ngunit hindi,
subalit sila ay sinagoga♦ ni Satanas. 10Huwag mong kakatakutan
ang mga bagay na malapit mo nang maranasan. Narito, malapit
nang ipabilanggo ng diyablo♦ ang mula sa inyo upang kayo
ay subukin, at kayo ay magkakaroon ng sampung araw na
paghihirap. Maging matapat ka hanggang sa kamatayan at ikaw
ay bibigyan ko ng putong ng buhay.
11“ ‘ “Siya na may pandinig, hayaan siyang makinig kung
ano ang sinasabi ng Espiritu sa mga iglesiya. Ang sinumang
nagtatagumpay ay hinding-hindi masasaktan ng ikalawang
kamatayan.” ’

2:7 Mat 11:15; Luc 23:43; Jua 16:33
2:9 Mat 4:10; 2Co 6:10; San 2:5
2:10 Mat 10:22; 1Co 9:25
2:13 Mat 4:10
2:14 Gaw 15:20; 1Co 6:13; 2Te 2:8; 2Pe 2:15

Ang Sulat sa Iglesiya sa Pergamos

12“At sa anghel ng iglesiya sa Pergamos, isulat mo, ‘Ang mga
bagay na ito ang sinasabi niyaong nagtataglay ng matalas na
tabak na may dalawang-talim: 13“Alam ko ang iyong mga gawa
at kung saan ka nananahan, kung saan naroon ang luklukan
ni Satanas. Pinanghahawakan mo ang aking pangalan at hindi
mo tinanggihan ang aking pananampalataya kahit na noong
mga araw na si Antipas na aking matapat na saksi ay pinatay sa
inyong kalagitnaan, kung saan nananahan si Satanas. 14Subalit
ako ay mayroong ilang mga bagay laban sa iyo sapagkat
mayroong mga nasa iyo na humahawak sa katuruan ni Balaam
na nagturo kay Balak na maglagay ng katitisuran sa harap ng
mga anak ni Israel, ang kumain ng mga inihain sa mga diyos-
diyosan at ang makiapid. 15Gayundin naman, nasa iyo yaong
mga humahawak sa katuruan ng mga Nicolaita, na aking
kinamumuhian. 16Magsisi ka! Sapagkat kung hindi, ako ay
darating kaagad sa iyo at ako ay makikipaglaban sa kanila sa
pamamagitan ng tabak ng aking bibig.

17“ ‘ “Siya na may pandinig, hayaan siyang makinig kung
ano ang sinasabi ng Espiritu sa mga iglesiya. Sa sinumang
nagtatagumpay, ipagkakaloob ko sa kaniya ang kumain ng
manna♦ na nakatago at ipagkakaloob ko sa kaniya ang maliit na
puting bato, at sa maliit na bato ay nakasulat ang isang bagong
pangalan na walang sinumang nakakaalam maliban sa kaniya
na tumatanggap nito.” ’

Ang Sulat sa Iglesiya sa Tiyatira

18“Sa anghel ng iglesiya sa Tiyatira, isulat mo, ‘Ang
mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Diyos na siyang
nagtataglay ng mga matang katulad ng alab ng apoy at ang
kaniyang mga paa ay katulad ng tansong makinang: 19“Alam
ko ang iyong mga gawa at ang pag-ibig at ang paglilingkod
at ang pananampalataya at ang iyong pagtitiis, at ang iyong
huling mga gawa ay higit pa kaysa sa mga nauna. 20Ngunit
ako ay mayroong ilang mga bagay na laban sa iyo dahil
pinahihintulutan mo ang babaing si Jezebel, na tinatawag ang
kaniyang sarili na babaing propeta, upang turuan at iligaw ang
aking mga alipin, upang makiapid at kumain ng mga handog
sa diyos-diyosan. 21At siya ay binigyan ko ng panahon upang
siya ay makapagsisi mula sa kaniyang pakikiapid ngunit siya
ay hindi nagsisi. 22Narito, siya ay ihahagis ko sa higaan at sila
na mga nangangalunyang kasama niya patungo sa matinding
paghihirap kapag sila ay hindi magsisi mula sa kanilang mga
gawa. 23At papatayin ko sa kamatayan ang kaniyang mga anak
at malalaman ng lahat ng mga iglesiya na ako yaong sumusuri
ng mga kalooban at ng mga puso, at ibibigay ko sa bawat isa sa
inyo ang naaayon sa inyong mga gawa.

24“ ‘ “Ngunit sinasabi ko sa inyo at sa mga nalalabi sa
Tiyatira at sa sinumang hindi ito ang tinataglay na katuruan at
sa sinumang hindi nakaalam sa malalalim na bagay ni Satanas
kagaya ng kanilang sinasabi, ako ay walang ilalagay na ibang
pasanin sa inyo. 25Gayunpaman panghawakan ninyo ang mga
bagay na inyong tinataglay hanggang sa aking pagdating. 26At
sinumang nagtatagumpay at sinumang tumutupad sa aking mga
gawain hanggang sa wakas ay sa kaniya ko ipagkakaloob ang
kapamahalaan sa mga bansa. 27‘At sila ay pamamahalaan niya
sa pamamagitan ng tungkod na bakal, kung paano dinudurog
ang mga sisidlang palayok’

Awi 2:9

katulad din ng tinanggap ko mula sa aking Ama. 28At ibibigay
ko sa kaniya ang tala sa umaga.

29“ ‘ “Siya na may pandinig, hayaan siyang makinig kung
ano ang sinasabi ng Espiritu sa mga iglesiya.” ’ ”

2:17
Jua 6:49-50; 16:33
2:18
Mat 4:3; Gaw 16:14
2:20
Gaw 15:20
2:21
Rom 2:4-5; 2Pe 3:9
2:23
Mat 16:27; Luc 16:15; Rom 8:27; 1Te 2:4
2:24
Gaw 15:28
2:25
Mat 16:27
2:26
Mat 10:22; Jua 16:33

Ang Sulat sa Iglesiya sa Sardis

3 "At sa anghel ng iglesiya sa Sardis, isulat mo, 'Ito ang
mga sinasabi niyaong nagtataglay ng pitong Espiritu ng
Diyos at ng pitong bituin, "Alam ko ang iyong mga gawa, na
mayroon kang pangalan na ikaw ay nabubuhay ngunit ikaw
ay patay. 2Maging mapagbantay ka at patatagin mo ang mga
bagay na natitira na malapit nang mamatay sapagkat hindi ko
nasumpungan na ang inyong mga gawa ay ganap sa paningin
ng Diyos. 3Kaya alalahanin mo kung paano ka tumanggap
at nakinig at tuparin mo ito at magsisi. Kapag hindi ka nga
magbantay, ako ay darating sa iyo katulad ng magnanakaw at
hinding-hindi mo malalaman kung anong oras ako darating sa
iyo. 4Ikaw ay mayroong ilang pangalan na nasa Sardis na hindi
dinungisan ang kanilang mga kasuotan at sila ay maglalakad
kasama ko na nakaputi dahil sila ay karapat-dapat. 5Siya na
nagtatagumpay, siya ang daramtan ng maputing mga kasuotan
at hinding-hindi ko buburahin ang kaniyang pangalan mula sa
aklat ng buhay ngunit ihahayag ko ang kaniyang pangalan sa
harapan ng aking Ama at sa harapan ng kaniyang mga anghel.
6" ' "Siya na may pandinig, hayaan siyang makinig kung ano
ang sinasabi ng Espiritu sa mga iglesiya." '

3:1 1Ti 5:6
3:3 Luc 12:39
3:4 Jud 1:23
3:5 Mat 10:32; Jua 16:33
3:7 Mat 16:19; Mar 1:24; Jua 5:20
3:8 Gaw 14:27
3:9 Rom 8:37
3:10 Mat 24:14; 2Pe 2:9
3:11 Mat 16:27; 1Co 9:25
3:12 Jua 16:33; Gal 2:9; 4:26

Ang Sulat sa Iglesiya sa Filadelfia

7"At sa anghel ng iglesiya sa Filadelfia, isulat mo, 'Ang mga
bagay na ito ang sinasabi niyaong Banal at niyaong Totoo,
"Siya na nagtataglay ng susi ni David ang siyang nagbubukas at
walang sinuman ang nagsasara, at nagsasara at walang sinuman
ang nagbubukas. 8Alam ko ang iyong mga gawa. Narito,
inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang nakabukas na
at walang sinuman ang makakapagsara nito sapagkat kakaunti
ang tinataglay mong lakas, ngunit tinupad mo ang aking
salita at hindi mo ipinagkaila ang aking pangalan. 9Narito,
gagawin ko ang mga nagmula sa sinagoga♦ ni Satanas, na
nagsasabing sila ay mga Judio ngunit hindi naman subalit sila
ay nagsisinungaling, narito, gagawin ko na sila ay makarating
at sumamba sa harap ng iyong paanan upang malaman nila na
iniibig kita. 10Dahil tinupad mo ang salita ng aking pagtitiis,
iingatan din kita mula sa panahon ng pagsubok na malapit
nang dumating sa buong sanlibutan upang subukin yaong
mga naninirahan sa daigdig. 11Narito, ako ay darating kaagad.
Panghawakan mo ang anumang iyong tinataglay upang
walang sinumang makakakuha ng iyong putong. 12Siya na
nagtatagumpay ay gagawin kong haligi sa banal na dako ng
templo♦ ng aking Diyos at siya ay hinding-hindi na lalabas
kailanman. Isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking

Diyos at ang pangalan ng lungsod ng aking Diyos, ang bagong
Jerusalem na bumababa galing sa langit mula sa aking Diyos,
gayundin ang aking bagong pangalan.
13“ ‘ “Siya na may pandinig, hayaan siyang makinig kung
ano ang sinasabi ng Espiritu sa mga iglesiya.” ’

Ang Sulat sa Iglesiya sa Laodicea

14“At sa anghel ng iglesiya ng mga taga-Laodicea, isulat mo,
‘Ito ang mga sinasabi niyaong Amen*, ang matapat at totoong
saksi, ang pasimula ng nilalang ng Diyos, 15“Alam ko ang iyong
mga gawa na ikaw ay hindi malamig o mainit. Ang nais ko
sana ay maging malamig ka o mainit. 16Yamang ikaw nga ay
maligamgam at hindi malamig o mainit, malapit na kitang isuka
mula sa aking bibig. 17Dahil sinasabi mo, ‘Ako ay mayaman at
ako ay naging mayaman na at ako ay hindi na nangangailangan
ng anuman,’ hindi mo na alam na ikaw ay kahabag-habag,
nakakaawa, dukha, bulag at hubad. 18Pinapayuhan kita na
bumili ka sa akin ng ginto na dinalisay sa apoy upang ikaw ay
maging mayaman, bumili ka ng mapuputing mga damit upang
ikaw ay mabihisan at hindi makita ang kahihiyan ng iyong
kahubaran, at pahiran mo ang iyong mga mata ng pamahid sa
mata upang ikaw ay makakita. 19Ang lahat ng aking minamahal
ay aking sinasaway at aking pinapalo, kaya magsumigasig
ka at magsisi ka. 20Narito, ako ay nakatayo na sa pintuan
at kumakatok. Kapag dininig ng sinuman ang aking tinig
at binuksan ang pinto, ako ay papasok sa kaniya at kakaing
kasama niya at siya ay kasama ko. 21Siya na nagtatagumpay,
ipagkakaloob ko sa kaniya ang umupo na kasama ko sa aking
trono kung paanong ako rin ay nagtagumpay at umupong
kasama ng aking Ama sa kaniyang trono.
22“ ‘ “Siya na may pandinig, hayaan siyang makinig kung
ano ang sinasabi ng Espiritu sa mga iglesiya.” ’ ”

3:14 Jua 1:3; 18:37; Col 1:16, 18; 2:1
3:15 Rom 12:11
3:17 1Co 4:8
3:18 1Pe 1:7
3:19 1Co 11:32; Heb 12:5-6
3:20 Mat 24:33; Luc 12:36; Rom 8:10; San 5:9
3:21 Mat 19:28; Jua 16:33
4:1 Mat 3:16

Ang Diyos ay Nakaupo sa Trono

4 Pagkatapos ng mga bagay na ito, nakita ko, at narito, sa
langit ang isang pintuang nakabukas. At ang unang tinig na
aking narinig ay katulad ng isang trumpeta na nagsasalita sa
akin na sinasabi, “Umakyat ka rito at ipapakita ko sa iyo ang
mga bagay na dapat mangyari pagkatapos ng mga ito.”
2At kaagad, ako ay nasa Espiritu. At narito, ang isang trono
ay naroroon sa langit at sa trono ay may isang nakaupo. 3At sa
aking paningin, siya na nakaupo ay katulad sa batong haspe
at sardonise, at may isang bahaghari sa palibot ng trono na sa

* **3:14** *Amen*: Salitang Hebreo na ginagamit bilang isa sa mga pangalan ni Cristo na ang kahulugan ay “katotohanan.”

aking paningin ay katulad ng esmeralda♦. 4Sa palibot ng trono
ay ang dalawampu't apat na luklukan at sa mga luklukan ay
nakita ko ang dalawampu't apat na matatanda na nakaupo, na
nakasuot ng mapuputing mga damit at mayroong mga putong
na ginto sa kanilang mga ulo. 5At mula sa trono ay lumalabas
ang mga kidlat at ang mga kulog at ang mga tinig. At may
pitong ilawan ng apoy na nagniningas sa harapan ng trono. Sila
ay ang pitong Espiritu ng Diyos.

6At sa harapan ng trono ay ang isang dagat ng salamin na
katulad ng kristal, at sa gitna ng trono at sa palibot ng trono ay
may apat na buhay na nilalang na puno ng mga mata sa harapan
at sa likuran. 7At ang unang buhay na nilalang ay katulad sa
isang leon at ang ikalawang buhay na nilalang ay katulad sa
isang guya at ang ikatlong buhay na nilalang ay mayroong
mukha na katulad sa isang tao at ang ikaapat na buhay na
nilalang ay katulad sa isang agilang lumilipad. 8At ang apat na
buhay na nilalang, bawat isa sa kanila, ay may anim na pakpak,
sila ay puno ng mga mata sa palibot at sa loob at walang tigil
araw at gabi sa pagsasabi, "Banal, banal, banal, Panginoon,
Makapangyarihang Diyos. Siya ang nakaraan at siya ang
kasalukuyan at siya ang darating."

4:11 Gaw 14:15
5:5 Rom 15:12; Heb 7:14

9At sa tuwing ang mga buhay na nilalang ay magbibigay
ng kaluwalhatian at karangalan at pasasalamat sa kaniya na
nakaupo sa trono na siyang nabubuhay magpakailan pa man,
10ang dalawampu't apat na matatanda ay magpapatirapa sa
harapan niyaong nakaupo sa trono at kanilang sinasamba yaong
nabubuhay magpakailan pa man. Inilalagay nila ang kanilang
mga putong sa harapan ng trono, na sinasabi, 11"O, Panginoon,
ikaw ay karapat-dapat na tumanggap ng kaluwalhatian at ng
karangalan at ng kapangyarihan sapagkat nilikha mo ang lahat
ng mga bagay at sa pamamagitan ng iyong kalooban, sila ay
naroroon at sila ay nalikha."

Binuksan ng Kordero ang Aklat

5 At nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo sa trono
ang isang balumbon♦ na may nakasulat sa loob at sa likod
na sinelyuhan ng pitong selyo. 2At nakita ko ang isang malakas
na anghel na nagpapahayag sa pamamagitan ng isang malakas
na tinig, "Sino ang karapat-dapat na magbukas ng balumbon at
magtanggal ng mga selyo nito?" 3At walang sinuman sa langit,
o sa lupa man, o sa ilalim man ng lupa ang may kakayahang
magbukas ng balumbon ni tingnan man ito.

4Kaya ako ay labis na tumangis dahil walang sinumang
natagpuang karapat-dapat magbukas at magbasa ng balumbon
ni tingnan man ito. 5At ang isa sa matatanda ay nagsabi sa

akin, “Huwag kang tumangis. Narito, ang Leon na mula sa lipi
ni Juda, ang ugat ni David ay nagtagumpay upang buksan ang
balumbon at alisin ang pitong selyo nito.”
6 At nakita ko, narito, sa gitna ng trono at ng apat na buhay
na nilalang at sa gitna ng matatanda ay nakatayo ang Korderong
katulad niyaong pinatay, na may pitong sungay at pitong mata.
Sila ang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa buong daigdig.
7 At siya ay dumating at kinuha ang balumbon mula sa kanang
kamay niyaong nakaupo sa trono.
8 At nang nakuha niya ang balumbon, ang apat na buhay na
nilalang at ang dalawampu't apat na matatanda ay nagpatirapa
sa harapan ng Kordero. Ang bawat isa ay may tinataglay na
mga alpa at mga gintong mangkok na puno ng mga insenso.
Ang mga ito ay mga panalangin ng mga banal. 9 At sila ay
umaawit ng bagong awit na sinasabi, “Ikaw ang karapat-dapat
na kumuha ng balumbon at magbukas ng mga selyo nito dahil
ikaw ay pinatay, at tinubos kami sa pamamagitan ng iyong
dugo para sa Diyos mula sa bawat lipi at wika, at bayan at
bansa. 10 Kami ay ginawa mong mga hari at mga saserdote para
sa aming Diyos at kami ay maghahari sa ibabaw ng lupa.”
11 At nakita ko at narinig ko ang tinig ng maraming mga
anghel na nakapalibot sa trono at ng mga buhay na nilalang at
ng matatanda. Ang bilang ng mga anghel ay sampung libong
sampung libo at libu-libong mga libu-libo, 12 na nagsasabi sa
pamamagitan ng malakas na tinig, “Ang Kordero na siyang
pinatay ay karapat-dapat na tumanggap ng kapangyarihan
at kayamanan at karunungan at kalakasan at karangalan at
kaluwalhatian at kapurihan!”
13 At ang bawat nilalang na nasa langit at nasa lupa at sa
ilalim ng lupa at ang nasa karagatan at ang lahat ng mga nasa
kanila ay aking narinig na nagsasabi, “Sa kaniya na nakaupo
sa trono at sa Kordero ang kapurihan at ang karangalan at ang
kaluwalhatian at ang kapangyarihan magpakailan pa man!”
14 At ang apat na buhay na nilalang ay nagsasabi, “Siya
nawa!” At ang dalawampu't apat na matatanda ay nagpatirapa at
sumamba sa kaniya na nabubuhay magpakailan pa man.

5:6 Jua 1:29
5:9 1Co 6:20; Heb 9:12
5:10 1Pe 2:5
5:11 Heb 12:22; Jud 1:14
5:13 Rom 11:36; Flp 2:10

Binuksan ng Kordero Ang Pitong Selyo

6 At nakita ko nang binuksan ng Kordero ang isa sa mga
selyo at narinig ko ang isa sa apat na buhay na nilalang na
nagsasabi katulad ng tunog ng kulog, “Halika at pagmasdan
mo.” 2 At nakita ko, narito, ang isang kabayong puti at yaong
nakaupo sa kaniya na may isang busog* at siya ay binigyan ng

* **6:2** *busog*: Ito ang kapares ng palaso.

isang putong at siya ay humayo na nanlulupig at upang siya ay manlupig.

3 At nang binuksan ng Kordero ang ikalawang selyo, narinig
ko ang ikalawang buhay na nilalang na nagsasabi, “Halika at
pagmasdan mo.” 4 At lumabas ang isang kabayong pula at yaong
nakaupo sa kaniya ay binigyan ng kapangyarihan upang alisin
ang kapayapaan sa lupa at upang sila ay magpatayan sa isa't isa,
at siya ay binigyan ng isang malaking tabak.

5 At nang binuksan ng Kordero ang ikatlong selyo, narinig
ko ang ikatlong buhay na nilalang na nagsasabi, “Halika at
pagmasdan mo.” At nakita ko, narito, ang isang kabayong itim
at yaong nakaupo sa kaniya ay nagtataglay ng timbangan sa
kaniyang kamay. 6 At narinig ko ang isang tinig sa kalagitnaan
ng apat na buhay na nilalang na nagsasabi, “Ang isang takal° ng
trigo ay kasing-halaga ng isang denaryo° at ang tatlong takal na
sebada♦ ay kasing-halaga ng isang denaryo at ang langis at alak
ay huwag mong galawin.”

7 At nang binuksan ng Kordero ang ikaapat na selyo, narinig
ko ang tinig ng ikaapat na buhay na nilalang na nagsasabi,
“Halika at pagmasdan mo.” 8 At nakita ko, narito, ang isang
kabayong maputla at ang pangalan niyaong nakaupo sa kaniya
ay Kamatayan, at ang Hades ay sumusunod sa kaniya, at sila ay
binigyan ng kapangyarihan upang patayin ang higit sa ikaapat
na bahagi ng mga nasa lupa sa pamamagitan ng tabak at ng
gutom at ng salot at sa pamamagitan ng mababangis na hayop
ng lupa.

9 At nang binuksan ng Kordero ang ikalimang selyo, nakita
ko sa ilalim ng dambana♦ ang mga kaluluwa ng mga taong
pinatay dahil sa Salita ng Diyos at dahil sa patotoo♦ na kanilang
tinaglay. 10 At sila ay sumisigaw sa pamamagitan ng malakas
na tinig na sinasabi, “O Panginoong banal at totoo, gaano pa
katagal na hindi mo hinahatulan at ipinaghihiganti ang aming
dugo sa mga naninirahan sa lupa?” 11 At ang mapuputing
kasuotan ay ibinigay sa bawat isa sa kanila at sinabi sa kanila
na magpahinga muna sila ng kaunting panahon hanggang sa
maganap ang malapit nang pagpatay sa kanilang mga kapwa
alipin at sa kanilang mga kapatid katulad din ng pagpatay sa
kanila.

12 At nakita ko nang binuksan ng Kordero ang ikaanim na
selyo, narito, naganap ang isang malakas na pagyanig at ang
araw ay naging maitim katulad ng mabalahibong kasuotang
sako at ang buwan ay naging katulad ng dugo. 13 Ang mga
bituin sa langit ay nahulog sa lupa katulad ng pagkahulog ng
mga bubot na bunga ng puno ng igos kung inuuga dahil sa
napakalakas na hangin. 14 Ang kalangitan ay nawala katulad

6:4 Mat 10:34
6:9 Rom 1:2; Heb 4:12
6:10 Luc 2:29; 2Pe 2:1
6:11 Heb 11:40
6:12 Mat 24:29
6:13 Mat 24:29
6:14 2Pe 3:10

ng paglululon ng isang balumbon at ang bawat bundok at pulo
ay naalis sa kanilang kinalalagyan. 15At ang mga hari sa lupa,
ang mga dakilang tao, ang mayayaman, ang mga pinunong
kapitan♦, ang mga makapangyarihan, ang bawat alipin at bawat
malaya ay itinago ang kanilang mga sarili sa mga yungib at sa
malalaking bato sa kabundukan, 16at sinabi nila sa kabundukan
at sa malalaking bato, "Bumagsak kayo sa amin at itago ninyo
kami mula sa mukha niyaong nakaupo sa trono at mula sa poot
ng Kordero. 17Sapagkat dumating na ang dakilang araw ng
kaniyang poot at sino ang makakayang makatagal?"

Ang Pagtatak sa mga Banal

7 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang apat na
anghel na nakatayo sa apat na sulok ng daigdig na pinipigil
ang apat na hangin ng daigdig upang walang hanging iihip sa
lupa o sa dagat o sa anumang punongkahoy. 2At nakita ko ang
isa pang anghel na pumapaitaas mula sa sinisikatan ng araw na
tinataglay ang tatak ng Diyos na buhay. At siya ay sumigaw sa
pamamagitan ng malakas na tinig sa apat na anghel na sa kanila
ay ibinigay ang kapangyarihan upang pinsalain ang lupa at ang
dagat, 3na sinasabi, "Huwag ninyong pinsalain ang lupa, o ang
dagat, o ang mga punongkahoy hanggang sa aming matatakan
ang mga alipin ng aming Diyos sa kanilang mga noo." 4At
narinig ko ang bilang niyaong mga natatakan, at may isandaan
apatnapu't apat na libo yaong mga natatakan mula sa bawat
lipi ng mga anak ni Israel: 5labindalawang libo ang natatakan
mula sa lipi ni Juda, labindalawang libo ang natatakan mula
sa lipi ni Ruben, labindalawang libo ang natatakan mula sa
lipi ni Gad, 6labindalawang libo ang natatakan mula sa lipi
ni Aser, labindalawang libo ang natatakan mula sa lipi ni
Neftali, labindalawang libo ang natatakan mula sa lipi ni
Manases, 7labindalawang libo ang natatakan mula sa lipi ni
Simeon, labindalawang libo ang natatakan mula sa lipi ni
Levi, labindalawang libo ang natatakan mula sa lipi ni Isacar,
8labindalawang libo ang natatakan mula sa lipi ni Zebulon,
labindalawang libo ang natatakan mula sa lipi ni Jose at
labindalawang libo ang natatakan mula sa lipi ni Benjamin.

Marami ang Nakasuot ng Puting Damit

9Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko, at narito,
ang lubhang napakaraming tao na walang sinumang
makakabilang sa kanila ay nakatayo sa harapan ng trono at
sa harapan ng Kordero. Sila ay nagmula sa bawat bansa at
mga lipi at mga wika, at sila ay nadaramtan ng mapuputing
damit at may mga palaspas sa kanilang mga kamay. 10At

6:16
Luc 23:30
7:1
Mat 24:31
7:2
Mat 16:16

sila ay sumisigaw sa pamamagitan ng malakas na tinig na
sinasabi, “Ang kaligtasan ay sa aming Diyos na siyang
nakaupo sa trono, at sa Kordero!” 11 At ang lahat ng mga
anghel ay tumayo sa palibot ng trono at ng matatanda
at ng apat na buhay na nilalang, at sila ay nagpatirapa
sa harapan ng trono at sila ay sumamba sa Diyos, 12 na
sinasabi, “Siya nawa! Ang kapurihan at ang kaluwalhatian
at ang karunungan at ang pasasalamat at ang karangalan
at ang kapangyarihan at ang kalakasan ay sa ating Diyos
magpakailan pa man. Siya nawa.”

13 At isa sa matatanda ang sumagot na nagsasabi sa
akin, “Sino ang mga taong ito na nakasuot ng mapuputing
damit? Saan sila nanggaling?”

14 At sinabi ko sa kaniya, “Ginoo, ikaw ang nakaalam.”
At sinabi niya sa akin, “Ang mga ito yaong nanggaling
mula sa matinding paghihirap at nilabhan nila ang
kanilang mga damit at pinaputi nila ang mga ito sa
pamamagitan ng dugo ng kordero. 15 Dahil dito, sila ay
nasa harapan ng trono ng Diyos at sila ay naglilingkod
sa kaniya araw at gabi sa kaniyang banal na dako ng
templo♦, at siya na nakaupo sa trono ay mananahang
kasama nila. 16 Sila ay hindi na magugutom pa at sila ay
hindi na mauuhaw pa at wala ng araw na sisikat sa kanila
at ng anumang init 17 sapagkat ang Korderong nasa gitna
ng trono ang mangangalaga sa kanila at magpapatnubay
sa kanila sa mga buhay na bukal ng tubig, at papahirin ng
Diyos ang bawat luha sa kanilang mga mata.”

7:12 Rom 11:36
7:14 Heb 9:14; 1Jn 1:7
7:16 Jua 6:35
7:17 Jua 10:11
8:2 Mat 24:31
8:3 Heb 9:4

Binuksan ang Ikapitong Selyo

8 At nang binuksan ng Kordero ang ikapitong selyo,
nagkaroon ng katahimikan sa langit ng halos
kalahating oras. 2 At nakita ko ang pitong anghel na
nakatayo sa harapan ng Diyos at ibinigay sa kanila ang
pitong trumpeta. 3 At isa pang anghel ang dumating at
pinatayo sa dambana. Siya ay may taglay na gintong
sunugan ng insenso at ibinigay sa kaniya ang maraming
insenso upang ito ay ihandog niya sa ibabaw ng gintong
dambana na nasa harapan ng trono kasama sa mga
panalangin ng lahat ng mga banal. 4 At pumaitaas ang
usok ng mga insenso mula sa kamay ng anghel sa harapan
ng Diyos kasama sa mga panalangin ng mga banal. 5 At
kinuha ng anghel ang sunugan ng insenso at ito ay pinuno
niya ng apoy mula sa dambana at inihagis ito sa lupa at
nagkaroon ng mga ingay at mga kulog at mga kidlat at
lindol.

Pinatunog ang Pitong Trumpeta

6 At ang pitong anghel na nagtataglay ng pitong trumpeta ay
inihanda ang kanilang mga sarili upang kanilang patunugin ang
mga trumpeta.
7 At pinatunog ng unang anghel ang trumpeta at nagkaroon
ng ulan ng yelo at apoy na may kahalong dugo, at ito ay
inihagis sa lupa at ang ikatlong bahagi ng mga punongkahoy ay
nasunog at ang lahat ng luntiang damo ay nasunog.
8 At pinatunog ng pangalawang anghel ang trumpeta at isang
katulad ng malaking bundok na nagliliyab sa apoy ay inihagis
sa dagat at ang ikatlong bahagi ng dagat ay naging dugo, 9 at
namatay ang ikatlong bahagi ng mga nilalang na may buhay na
nasa dagat at ang ikatlong bahagi ng mga barko ay nawasak.
10 At pinatunog ng pangatlong anghel ang trumpeta at
nahulog mula sa langit ang isang malaking bituin na nagliliyab
katulad ng isang sulo at ito ay nahulog sa ikatlong bahagi ng
mga ilog at sa mga bukal ng tubig. 11 At ang pangalan ng bituin
ay Kapaitan*. At ang ikatlong bahagi ng tubig ay nagiging
kapaitan at maraming tao ang namatay dahil sa tubig sapagkat
pumait ang mga ito.
12 At pinatunog ng pang-apat na anghel ang trumpeta at
napinsala ang ikatlong bahagi ng araw at ang ikatlong bahagi
ng buwan at ang ikatlong bahagi ng mga bituin, kung kaya
dumilim ang ikatlong bahagi ng mga ito at hindi magliliwanag
ang ikatlong bahagi ng araw at gayundin ang gabi.
13 At nakita ko at narinig ko ang isang anghel na lumilipad
sa kalagitnaan ng langit na nagsasabi sa pamamagitan ng
malakas na tinig, "Kaabahan, kaabahan, kaabahan sa kanila na
mga naninirahan sa daigdig dahil sa natitira pang pagtunog ng
trumpeta ng tatlong anghel na malapit nang patunugin."

9:1 Luc 8:31
9:2 Luc 8:31

9 At pinatunog ng panglimang anghel ang trumpeta at nakita
ko ang isang bituin na nahulog sa lupa mula sa langit, at
ibinigay sa kaniya ang susi ng hukay ng walang hanggang
kalaliman, 2 at binuksan niya ang hukay ng walang hanggang
kalaliman at pumaitaas ang usok mula sa hukay katulad ng
usok ng malaking pugon, at ang araw at ang kapaligiran
ay dumilim dahil sa usok ng hukay. 3 At mula sa usok ay
lumabas ang mga balang patungo sa ibabaw ng lupa at sila ay
pinagkalooban ng kapangyarihan katulad ng kapangyarihang
tinataglay ng mga alakdan sa lupa. 4 At iniutos sa kanila na
huwag nilang pinsalain ang damo sa lupa, o anumang bagay na
luntian, o anumang punongkahoy kundi ang mga tao lamang

* **8:11** *Kapaitan*: Ginamit dito na pangalan na bituin. Ang salitang ito ay galing sa isang halaman na may mapait na lasa.

na hindi tinataglay ang tatak ng Diyos sa kanilang noo. 5At hindi sila pinahintulutan na patayin ang mga tao, kundi upang ang mga tao ay kanilang pahirapan sa loob ng limang buwan, at ang kanilang pagpapahirap ay katulad ng pagpapahirap ng alakdan kapag matibo nito ang tao. 6At sa mga araw na iyon ay hahanapin ng mga tao ang kamatayan ngunit ito ay hindi nila masusumpungan, at nanaisin nila na mamatay ngunit ang kamatayan ay iiwas sa kanila.

7At ang anyo ng mga balang ay katulad ng mga kabayong inihanda para sa digmaan at sa kanilang mga ulo ay mayroong parang mga putong na katulad sa ginto at ang kanilang mga mukha ay katulad ng mga mukha ng tao. 8At sila ay may buhok na katulad ng buhok ng mga babae at ang kanilang mga ngipin ay katulad ng sa mga leon. 9At sila ay may mga pandidib na baluti na katulad ng mga pandibdib na baluting bakal at ang ugong ng kanilang mga pakpak ay katulad ng ugong ng mga karwahe at ng maraming kabayong tumatakbo patungo sa digmaan. 10At sila ay mayroong mga buntot na katulad sa mga alakdan at ang mga tibo ay nasa kanilang mga buntot, at ang kanilang kapangyarihan ay upang pinsalain ang mga tao sa loob ng limang buwan. 11At sila ay mayroong hari na namumuno sa kanila, siya ang anghel ng walang hanggang kalaliman na ang
9:11 Luc 8:31 kaniyang pangalan sa wikang Hebreo♦ ay Abadon* at sa wikang Griyego ay may pangalan siyang Apolyon.

12Ang unang kaabahan ay lumipas na. Narito, dalawa pang kaabahan ang dumarating pagkatapos ng mga ito.

13At pinatunog ng pang-anim na anghel ang trumpeta at narinig ko ang isang tinig mula sa apat na sungay ng gintong dambana na nasa harapan ng Diyos, 14na nagsasabi sa pang-anim na anghel na mayroong trumpeta, "Pakawalan mo ang apat na anghel, sila na mga nakagapos doon sa malaking ilog ng Eufrates." 15At ang apat na anghel ay pinakawalan, yaong mga inihanda para sa isang oras at isang araw at isang buwan at isang taon upang kanilang patayin ang ikatlong bahagi ng sangkatauhan. 16At ang bilang ng hukbong nangangabayo ay dalawandaang milyon at narinig ko ang kanilang bilang. 17At ganito ko nakita ang mga kabayo sa pangitain at yaong mga nakasakay sa kanila ay may pandibdib na baluting pula katulad ng apoy at bughaw na katulad ng hasinto at dilaw na katulad ng asupre, at ang ulo ng mga kabayo ay katulad ng mga ulo ng mga leon, at mula sa kanilang mga bibig ay lumalabas ang apoy at usok at asupre. 18Sa pamamagitan ng tatlong ito ay namatay ang ikatlong bahagi ng sangkatauhan,

* **9:11** *Abadon*: Ang ibig sabihin ng Abadon at Apolyon ay "Ang maninira."

sa pamamagitan ng apoy at sa pamamagitan ng usok at sa
pamamagitan ng asupre na lumalabas mula sa kanilang mga
bibig 19sapagkat ang kanilang kapangyarihan ay nasa kanilang
mga bibig at sa mga buntot dahil ang kanilang mga buntot ay
katulad ng mga ahas na may mga ulo at sa pamamagitan ng
mga iyon ay pumipinsala sila.

20At ang nalalabing mga tao na hindi napatay sa
pamamagitan ng mga salot na ito ay hindi nagsisi mula sa mga
gawa ng kanilang mga kamay, na hindi nila dapat sambahin
ang mga demonyo at ang mga diyos-diyosan na ginto at pilak
at tanso at bato at kahoy na ang mga ito ay hindi nakakakita
at hindi nakakarinig at hindi nakakalakad. 21At sila ay hindi
nagsisisi sa kanilang mga pagpatay, ni sa kanilang mga
panggagaway, ni sa kanilang pakikiapid, ni sa kanilang mga
pagnanakaw.

Ang Anghel at ang Munting Aklat

10 At nakita kong bumababa mula sa langit ang isa pang
malakas na anghel na nadaramtan ng ulap. At ang
bahaghari ay nasa kaniyang ulo at ang kaniyang mukha ay
katulad ng araw at ang kaniyang mga paa ay katulad ng mga
haligi ng apoy. 2At sa kaniyang kamay ay may isang maliit
na balumbon♦ na nakabukas, at ang kaniyang kanang paa ay
itinuntong niya sa dagat ngunit ang kaliwa ay sa lupa, 3at
siya ay sumigaw ng malakas na tinig na katulad ng leong
umaatungal. At nang siya ay sumigaw, ang pitong kulog ay
nagsalita sa kani-kanilang mga tinig. 4At nang nagsalita ang
pitong kulog sa kani-kanilang mga tinig, ako ay magsusulat
na sana ngunit narinig ko ang isang tinig mula sa langit na
nagsasabi sa akin, "Selyuhan mo yaong mga bagay na sinabi
ng pitong kulog at huwag mong isulat ang mga ito."

5At ang anghel na nakita kong nakatayo sa dagat at sa lupa
ay nagtaas ng kaniyang kamay sa langit, 6at siya ay sumumpa
sa pamamagitan niyaong nabubuhay magpakailan pa man, na
siyang lumikha ng langit at ng mga bagay na naroroon, at ng
lupa at ang mga bagay na naroroon, at ng dagat at ang mga
bagay na naroroon, na ang panahon ay hindi na magtatagal.
7Subalit sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, nang
malapit na niyang patunugin ang trumpeta, ang hiwaga rin
ng Diyos ay magaganap katulad ng kaniyang pagpahayag ng
ebanghelyo sa kaniyang mga alipin na mga propeta.

8At ang tinig na aking narinig mula sa langit ay muling
nagsalita sa akin at sinasabi, "Humayo ka, kunin mo ang
nakabukas na maliit na balumbon sa kamay ng anghel na
siyang nakatuntong sa ibabaw ng dagat at sa ibabaw ng lupa."

9:20
Gaw 7:41;
1Co 10:20
10:1
Mat 17:2
10:7
Mat 24:31;
Rom 16:25

9 At ako ay pumunta sa anghel at sinabi sa kaniya, “Ibigay
mo sa akin ang munting aklat.”
At sinabi niya sa akin, “Kunin mo at kainin ito, at gagawin
nitong mapait ang iyong tiyan ngunit ito ay magiging matamis
katulad ng pulot sa iyong bibig.”
10 At kinuha ko ang maliit na balumbon mula sa kamay ng
anghel at ito ay kinain ko at ito ay matamis katulad ng pulot sa
aking bibig, ngunit pagkatapos ko itong kainin, naging mapait
ang aking tiyan. 11 At sinabi niya sa akin, “Ikaw ay kailangan na
muling maghayag sa mga tao at sa mga bansa at sa mga wika at
sa maraming hari.”

Ang Dalawang Saksi

11 At may ibinigay sa akin na isang tambo na katulad ng
isang panukat at ang anghel ay tumayo na sinasabi,
“Tumindig ka at sukatin mo ang banal na dako ng templo ng
Diyos at ang dambana at ang mga sumasamba roon. 2 Ngunit
ang bulwagan sa labas ng banal na dako ng templo ay iwanan
mo at huwag mo itong sukatin sapagkat ito ay ibinigay ng Diyos
sa mga Gentil at ang banal na lungsod ay kanilang yuyurakan
nang apatnapu't dalawang buwan. 3 At pagkakalooban ko ang
aking dalawang saksi na nakasuot ng sakong damit at sila ay
maghahayag nang isang libo at dalawang-daan at animnapung
araw.”
4 Sila ang dalawang puno ng olibo at ang dalawang lalagyan
ng ilawan na nakatayo sa harapan ng Diyos ng daigdig. 5 At
kung ninanais ng sinuman na sila ay pinsalain, ang apoy
ay lumalabas mula sa kanilang mga bibig at nilalamon ang
kanilang mga kaaway. At kung ninanais ng sinuman na sila
ay pinsalain, siya ay dapat patayin sa ganitong paraan. 6 Sila
ay nagtataglay ng kapangyarihan upang isara ang langit ng sa
gayon ay hindi uulan sa mga araw ng kanilang paghahayag at
sila ay nagtataglay ng kapangyarihan sa tubig upang gawing
dugo ang mga ito at upang pinsalain ang lupa sa pamamagitan
ng lahat ng mga salot gaano man kadalas kapag kanilang naisin.
7 At kapag matapos nila ang kanilang patotoo♦, ang
mabangis na hayop na siyang umaahon mula sa walang
hanggang kalaliman ay makikipagdigma laban sa kanila at
sila ay lulupigin at sila ay papatayin nito. 8 At ang kanilang
mga bangkay ay ilalagay sa lansangan ng dakilang lungsod
na siyang tinatawag na espirituwal na Sodoma at Egipto
kung saan din ipinako sa krus ang ating Panginoon. 9 At
ang kanilang mga bangkay ay pagmamasdan ng ilang tao
at mga lipi at mga wika at mga bansa sa loob ng tatlo
at kalahating araw, at hindi nila papayagang ihimlay sa

11:2 Luc 21:24
11:6 Luc 4:25
11:7 Luc 8:31
11:8 Heb 13:12

mga libingan ang kanilang mga bangkay. 10 At yaong mga
naninirahan sa daigdig ay magagalak sa kanilang mga
bangkay at magdiriwang at magpapadala ng mga kaloob
sa isa't isa sapagkat ang dalawang propetang ito ang
nagpahirap sa kanila na mga naninirahan sa daidig.
11 At pagkatapos ng tatlo at kalahating araw, pumasok
sa kanila ang espiritu ng buhay na nagmula sa Diyos, at
sila ay tumindig sa kanilang mga paa at ang matinding
takot ay bumalot sa mga taong tumitingin sa kanila. 12 At
narinig nila ang isang napakalakas na tinig mula sa langit
na nagsasabi sa kanila, "Umakyat kayo rito." At sila ay
umakyat sa langit sa pamamagitan ng ulap at sila ay
nakita ng kanilang mga kaaway. 13 At sa oras na iyon ay
nagkaroon ng isang malakas na lindol at bumagsak ang
ikasampung bahagi ng lungsod at pitong libong tao ang
namatay sa lindol, at ang mga naiwan ay nagkaroon ng
takot at niluwalhati nila ang Diyos ng kalangitan.
14 Ang ikalawang kaabahan ay lumipas na, at narito, ang
ikatlong kaabahan ay mabilis na dumarating.

Ang Pampitong Trumpeta

15 At pinatunog ng pampitong anghel ang trumpeta
at nagkaroon ng malakas na mga tinig sa langit na
nagsasabi, "Ang mga kaharian ng sanlibutan ay naging
sa Panginoon natin at ng kaniyang Cristo at siya ay
maghahari magpakailan pa man." 16 At ang dalawampu't
apat na matatanda, yaong mga nakaupo sa kanilang mga
luklukan sa harapan ng Diyos, ay nagpatirapa at sila ay
sumamba sa Diyos, 17 na sinasabi, "O Panginoon, Diyos
na Makapangyarihan sa lahat, na siya ang kasalukuyan
at siya ang nakaraan at siya ang darating, kami ay
nagpapasalamat sa iyo sapagkat kinuha mo ang iyong
dakilang kapangyarihan at ikaw ay naghahari na. 18 At
ang mga bansa ay labis na nagalit, at dumating ang iyong
poot at ang panahon ng mga patay upang hatulan at upang
ibigay ang mga gantimpala sa iyong mga alipin na mga
propeta at sa mga banal at sa kanila na may banal na
pagkatakot sa iyong pangalan, sa mga hindi dakila at sa
mga dakila, at upang pinsalain yaong mga pumipinsala sa
daigdig."
19 At ang banal na dako ng templo ng Diyos sa langit ay
nabuksan at ang kaniyang kaban♦ ng tipan♦ ay nakita sa
kaniyang banal na dako ng templo, at nagkaroon ng mga
kidlat at mga tinig at mga kulog at lindol at malaking ulan
ng yelo.

11:12
Gaw 1:9
11:15
Mat 24:31;
Luc 1:33
11:19
Heb 9:4

Ang Babae at ang Dragon

12 At ang isang dakilang tanda ay nakita sa langit, isang
babaing nadaramtan ng araw at ang buwan ay nasa ilalim
ng kaniyang mga paa at sa kaniyang ulo ay may isang putong
na may labindalawang bituin. **2** At sa kaniyang pagdadalantao,
siya ay sumisigaw sa hirap ng panganganak at dahil siya ay
nahihirapan sa panganganak.

3 At ang isa pang tanda ay nakita sa langit, at narito, isang
malaking pulang dragon na may pitong ulo at sampung sungay
at sa kaniyang mga ulo ay may pitong putong. **4** At hinihila ng
kaniyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin ng langit
at inihagis ang mga ito sa lupa. At ang dragon ay tumayo sa
harapan ng babae na malapit nang manganak upang lamunin
nito ang bata kapag siya ay makapanganak. **5** At siya ay
nagsilang ng isang batang lalaki na siyang mangangalaga
sa lahat ng mga bansa sa pamamagitan ng isang pamalong
bakal, ngunit ang kaniyang anak ay inagaw patungo sa Diyos
at sa kaniyang trono. **6** At ang babae ay tumakas patungo sa
ilang kung saan ay may inihandang dako ang Diyos para sa
kaniya upang siya ay kanilang alagaan doon nang isang libo at
dalawang-daan at animnapung araw.

7 At nagkaroon ng digmaan sa langit. Si Miguel at ang
kaniyang mga anghel ay nakipaglaban sa dragon, at ang dragon
at ang kaniyang mga anghel ay nakipaglaban. **8** Ngunit sila ay
hindi nagtagumpay, ni walang natagpuang lugar sa langit para
sa kanila. **9** At itinapon ang malaking dragon, ang sinaunang
ahas na siyang tinatawag na diyablo♦ at Satanas. Siya na
nandaraya sa buong sanlibutan ang siyang itinapon sa lupa at
ang kaniyang mga anghel ay itinapon ding kasama niya.

10 At narinig ko ang isang malakas na tinig na nagsasalita
sa langit, "Ngayon ay dumating ang kaligtasan at ang
kapangyarihan at ang kaharian ng ating Diyos at ang
kapamahalaan ng kaniyang Cristo sapagkat itinapon na ang
tagaparatang sa ating mga kapatid, yaong nagpaparatang sa
kanila sa harapan ng Diyos araw at gabi. **11** Siya ay kanilang
nilupig sa pamamagitan ng dugo ng Kordero at sa pamamagitan
ng salita ng kanilang mga patotoo, at hindi nila inibig ang
kanilang buhay hanggang sa kamatayan. **12** Dahil dito,
magalak kayo, ang kalangitan at kayong mga nananahan doon!
Kaabahan sa inyo na naninirahan sa lupa at sa dagat sapagkat
ang diyablo ay bumaba sa inyo na may labis na galit dahil alam
niyang maikli na ang kaniyang panahon."

13 At nang nakita ng dragon na siya ay itinapon sa lupa,
pinagmalupitan niya ang babae na nagsilang ng lalaki. **14** Ngunit
ang babae ay binigyan ng dalawang pakpak ng malaking agila

12:2 Gal 4:19
12:4 Mat 2:16
12:5 Gaw 8:39
12:7 Mat 25:41; Jud 1:9
12:9 Mat 4:10; 25:41; Luc 10:18; Jua 12:31
12:10 1Pe 5:8
12:11 Luc 14:26; Jua 16:33

upang siya ay makalipad patungo sa ilang, patungo sa kaniyang lugar kung saan siya ay inaalagaan na malayo sa harap ng ahas, sa isang panahon at mga panahon at kalahating panahon. 15At ang babae ay binugahan ng ahas ng tubig mula sa kaniyang bibig, katulad ng isang baha upang maging sanhi ng kaniyang pagkaanod. 16Ngunit ang lupa ay tumulong sa babae at ibinuka ng lupa ang kaniyang bibig at hinigop ang baha na ibinuga ng dragon mula sa kaniyang bibig. 17At ang dragon ay labis na nagalit sa babae at umalis upang makipagdigma sa natitira niyang binhi, yaong mga tumutupad sa mga utos ng Diyos at nagtataglay ng patotoo ni Jesu-Cristo.

Ang Mabangis na Hayop Mula sa Dagat

13 At ako ay nakatayo sa buhangin ng dagat at nakita ko na umaahon mula sa dagat ang isang mabangis na hayop na may pitong ulo at sampung sungay at sa mga sungay nito ay may sampung putong at sa mga ulo nito ay may pangalan ng paglapastangan. 2At ang mabangis na hayop na aking nakita ay katulad sa isang leopardo at ang mga paa nito ay katulad ng sa oso at ang bibig nito ay katulad ng bibig ng leon. At ibinigay sa kaniya ng dragon ang kaniyang kapangyarihan at ang kaniyang luklukan at dakilang kapamahalaan. 3At nakita ko ang isa sa mga ulo nito na parang kinatay para mamatay at ang kaniyang nakakamatay na sugat ay gumaling. At ang buong daigdig ay namangha at sumunod sa mabangis na hayop, 4at kanilang sinamba ang dragon na siyang nagbigay ng kapamahalaan sa mabangis na hayop at kanilang sinamba ang mabangis na hayop, na sinasabi, "Sino ang katulad ng mabangis na hayop? Sino ang may kakayahan upang makipaglaban sa kaniya?"

5At siya ay binigyan ng isang bibig na nagsasalita ng dakilang mga bagay at mga paglapastangan at siya ay binigyan ng kapamahalaan upang gumawa nang apatnapu't dalawang buwan. 6At binuksan niya ang kaniyang bibig sa paglapastangan laban sa Diyos upang lapastanganin ang pangalan ng Diyos at ang kaniyang tabernakulo at yaong mga nananahan sa langit. 7At siya ay pinagkalooban na magsagawa ng digmaan sa mga banal at upang sila ay lupigin, at siya ay pinagkalooban ng kapamahalaan sa bawat lipi at wika at bansa. 8At ang lahat niyaong mga naninirahan sa daigdig ay sasamba sa kaniya, sila na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero na siyang pinatay mula sa pagkatatag ng sanlibutan.

9Kung ang sinuman ay may pandinig, hayaan siyang makinig. 10Kung ang sinuman ay nakikipagtipon para sa pagkabihag, siya ay patutungo sa pagkabihag. Kung ang

12:17 Jua 14:15
13:4 2Te 2:4
13:8 Mat 25:34; Jua 1:29
13:10 Heb 6:12

sinuman ay papatay sa pamamagitan ng tabak, siya ay dapat
mamatay sa pamamagitan ng tabak. Naririto ang pagtitiis at
pananampalataya ng mga banal.

Ang Mabangis na Hayop Mula sa Lupa

11 At nakita ko ang isa pang mabangis na hayop na umahon
mula sa lupa, at ito ay may dalawang sungay katulad ng isang
kordero, ngunit ito ay nagsasalita katulad ng isang dragon.
12 At ang lahat ng kapamahalaan ng unang mabangis na hayop
ay ginagamit niya sa harapan nito, at ginagawa niya na ang
daigdig at yaong mga naninirahan dito, na kanilang sambahin
ang unang mabangis na hayop na ang nakakamatay na sugat ay
napagaling. **13** At ang ikalawang mabangis na hayop ay gumawa
ng mga dakilang tanda upang magawa niyang magpababa rin
ng apoy mula sa langit patungo sa lupa sa harapan ng mga
tao. **14** At dinadaya niya yaong mga naninirahan sa daigdig sa
pamamagitan ng mga tanda na ipinagawa sa kaniya sa harapan
ng mabangis na hayop sa pagsasabi sa kanila na naninirahan sa
daigdig na sila ay gagawa ng larawan ng mabangis na hayop na
mayroong sugat ng tabak ngunit nabuhay. **15** At pinagkalooban
ito na magbigay ng buhay sa larawan ng mabangis na hayop
upang magsalita rin ang larawan ng mabangis na hayop at
gagawin niya na ang sinumang hindi sasamba sa larawan ng
mabangis na hayop ay papatayin. **16** At ginagawa niya ang
lahat, ang mga hindi dakila at mga dakila, ang mayayaman
at ang mga dukha, ang mga malaya at ang mga alipin na sila
ay mabigyan niya ng tatak sa kanilang kanang kamay o sa
kanilang mga noo **17** at nang sa gayon, ang sinuman ay hindi
makakabili o makakapagbili kung hindi niya tinataglay ang
tatak o ang pangalan ng mabangis na hayop o ang bilang ng
pangalan nito.

18 Narito ang karunungan. Siya na may pang-unawa, bilangin
niya ang bilang ng mabangis na hayop sapagkat ito ay bilang
ng isang tao at ang bilang niya ay anim na raan at animnapu't
anim.

13:13
Mat 24:24;
Luc 9:54
13:14
2Te 2:9

Ang Kordero at ang mga Banal

14 At nakita ko, at narito, ang Kordero ay nakatayo sa
bundok ng Zion at ang kasama niya ay ang isangdaan
at apatnapu't apat na libo na tinataglay ang pangalan ng
kaniyang ama sa kanilang mga noo. **2** At narinig ko ang isang
tinig mula sa langit na katulad ng tunog ng maraming tubig
at katulad ng tunog ng napakalakas na kulog at narinig ko
ang mga manunugtog ng alpa sa pagtugtog ng kanilang mga
alpa. **3** At sila ay umaawit katulad ng isang bagong awit sa

harapan ng trono at sa harapan ng apat na buhay na nilalang
at ng matatanda. At walang sinuman ang may kakayahan na
matutunan ang awit na iyon kundi ang isandaan at apatnapu't
apat na libong mga tinubos ni Jesus mula sa daigdig. 4Sila
yaong hindi nadungisan ng mga babae sapagkat sila ay mga
birhen. Sila yaong mga sumusunod sa Kordero saan man
siya pupunta at sila yaong mga tinubos mula sa mga tao, ang
unang bunga para sa Diyos at para sa Kordero. 5At walang
natagpuang pandaraya sa kanilang mga bibig sapagkat sila ay
walang kapintasan sa harapan ng trono ng Diyos.

Ang Tatlong Anghel

6At nakita ko ang isa pang anghel na lumilipad sa
kalagitnaan ng langit na nagtataglay ng walang hanggang
ebanghelyo upang ipahayag sa kanila na mga naninirahan sa
daigdig at sa bawat bansa at lipi at wika at bayan, 7na sinasabi
sa pamamagitan ng malakas na tinig, "Matakot kayo sa Diyos
at luwalhatiin ninyo siya sapagkat dumating na ang oras ng
kaniyang paghuhukom at sambahin ninyo siya, na siyang
gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng
mga tubig."

8At may isa pang anghel ang sumunod na nagsasabi,
"Bumagsak na siya, bumagsak na ang Babilonia, ang dakilang
lungsod na iyon dahil ang lahat ng mga bansa ay kaniyang
pinainom ng alak ng poot ng kaniyang pakikiapid."

9At ang pangatlong anghel ay sumunod sa kanila na sa
pamamagitan ng malakas na tinig ay sinasabi, "Kung ang
sinuman ay sumasamba sa mabangis na hayop at sa kaniyang
larawan at tinatanggap ang tatak sa kaniyang noo o sa
kaniyang kamay, 10siya rin ay iinom mismo mula sa alak ng
poot ng Diyos na ibinuhos na walang halo sa saro ng kaniyang
poot, at siya ay pahihirapan sa pamamagitan ng apoy at ng
asupre sa harapan ng mga banal na anghel at sa harapan ng
Kordero. 11At ang usok ng kanilang paghihirap ay pumapaitaas
magpakailan pa man at sila ay walang kapahingahan araw at
gabi, sila na ang sinasamba ay ang mabangis na hayop at ang
kaniyang larawan at ang sinumang tumatanggap ng tatak ng
kaniyang pangalan."

12Narito ang pagtitiis ng mga banal, narito yaong mga
tumutupad sa mga utos ng Diyos at sa pananampalataya kay
Jesus.

13At narinig ko ang isang tinig mula sa langit na nagsasabi
sa akin, "Isulat mo, 'Pinagpala ang mga patay, sila na mga
namamatay sa Panginoon simula ngayon.' "

Sinabi ng Espiritu, "Oo, upang sila ay makapahinga mula

14:4
2Co 11:2;
San 1:18
14:5
Jua 1:47;
Efe 5:27;
1Pe 2:22
14:12
Jua 14:15;
Heb 6:12
14:13
1Co 15:18;
1Te 4:16

sa kanilang mga pagpapagal at ang kanilang mga gawa ay
sumusunod kasama nila."

Ang Ani sa Lupa

14 At nakita ko, at narito, ang isang puting ulap at sa ulap ay
may isang nakaupo na katulad ng Anak ng Tao

Dan 7:13

na mayroong gintong putong sa kaniyang ulo at may isang
matalas na panggapas sa kaniyang kamay. **15** At isa pang anghel
ang lumabas mula sa banal na dako ng templo, na sumisigaw sa
pamamagitan ng malakas na tinig sa nakaupo sa ulap, "Gamitin
mo ang iyong panggapas at mag-ani ka sapagkat dumating na
sa iyo ang oras upang ikaw ay gumapas dahil ang anihin sa
lupa ay hinog na." **16** At ginamit niyaong nakaupo sa ulap ang
kaniyang panggapas sa lupa at inani ang lupa.

17 At isa pang anghel ang lumabas mula sa banal na dako na
nasa langit, siya rin ay nagtataglay ng matalas na panggapas.

18 At isa pang anghel na siyang may kapamahalaan sa
apoy ang lumabas mula sa dambana at siya ay sumigaw sa
pamamagitan ng malakas na sigaw sa kaniya na may taglay
ng matalas na panggapas, na sinasabi, "Gamitin mo ang iyong
matalas na panggapas at tipunin mo ang mga kumpol ng ubas
na nasa lupa sapagkat lubos na ang pagkahinog ng mga ubas
nito." **19** At ginamit ng anghel ang kaniyang panggapas sa
lupa at tinipon ang ubas na nasa lupa at kaniyang inihagis sa
malaking pisaan ng ubas ng poot ng Diyos. **20** At ang pisaan ng
ubas ay niyurakan sa labas ng lungsod at lumabas ang dugo
mula sa pisaan ng ubas na hanggang sa mga bokado, na ang
lawak ay isang libo at anim na raang estadya°.

14:14 Mat 17:5
14:15 Mar 4:29
14:20 Heb 13:12

Ang Pitong Anghel na may Pitong Salot

15 At nakita ko ang isa pang dakila at kamangha-manghang
tanda sa langit. May pitong anghel na tinataglay ang
pitong huling salot sapagkat sa pamamagitan ng mga ito ay
magaganap ang poot ng Diyos.

2 At nakita ko ang isang katulad ng dagat na kristal na may
halong apoy at sila na nagtatagumpay sa mabangis na hayop
at sa kaniyang larawan at sa kaniyang tatak at sa bilang ng
kaniyang pangalan ay nakatayo sa ibabaw ng dagat na kristal
na tinataglay ang mga alpa ng Diyos. **3** At kanilang inaawit ang
awit ni Moises na alipin ng Diyos at ang awit ng Kordero, na
sinasabi, "Panginoon, Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ang
iyong mga gawa ay dakila at kamangha-mangha. Ikaw ang Hari
ng mga banal, ang iyong mga landas ay matuwid at totoo. **4** O
Panginoon, sino ang hindi matatakot sa iyo at hindi magbibigay

ng kaluwalhatian sa iyong pangalan? Sapagkat ikaw lamang
ang banal, at ang lahat ng mga bansa ay darating at sasamba sa
harapan mo sapagkat ang iyong kahatulan ay nahayag."
5 At pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko, at narito,
ang banal na dako, na siyang tabernakulo ng patotoo♦ sa langit ay
nabuksan. 6 At lumabas mula sa banal na dako ang pitong anghel
na tinataglay ang pitong salot. Sila ay nadaramtan ng malinis at
maningning na lino at may nakabigkis na mga gintong pamigkis
sa mga dibdib. 7 At ang isa sa mga apat na buhay na nilalang ay
nagbigay sa pitong anghel ng pitong gintong mangkok na punung-
puno ng poot ng Diyos na siyang nabubuhay magpakailan pa
man. 8 At ang banal na dako ay napuno ng usok na nagmula sa
kaluwalhatian ng Diyos at nagmula sa kaniyang kapangyarihan,
at walang sinumang makakapasok sa banal na dako hanggang sa
matapos ang pitong salot ng pitong mga anghel.

Ang Pitong Mangkok ng Poot ng Diyos

16 At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa banal
na dako, na sinasabi sa pitong anghel, "Humayo kayo at
ibuhos ninyo sa daigdig ang mga mangkok ng poot ng Diyos."
2 At ang unang anghel ay umalis at kaniyang ibinuhos
ang kaniyang mangkok sa daigdig at naging napakasama at
napakalala na sugat sa mga tao, sa kanila na mayroong tatak
ng mabangis na hayop at sa kanila na sumasamba sa kaniyang
larawan.
3 At ibinuhos ng pangalawang anghel ang kaniyang mangkok
sa dagat at ito ay naging dugo, katulad ng dugo ng isang patay
at ang lahat ng mga nabubuhay na nilalang sa dagat ay namatay.
4 At ibinuhos ng pangatlong anghel ang kaniyang mangkok
sa mga ilog at sa mga bukal ng mga tubig at ito ay naging
dugo. 5 At narinig ko ang anghel ng mga tubig, na nagsasabi,
"Panginoon, ikaw ay matuwid, ikaw ang siyang kasalukuyan at
ang siyang nakaraan at ang siyang darating sapagkat ang mga
bagay na ito ay iyong hinatulan 6 dahil pinadanak nila ang dugo
ng iyong mga banal at mga propeta, at sila ay binigyan mo ng
dugo upang inumin sapagkat sila ay karapat-dapat."
7 At narinig ko ang isa pang anghel mula sa dambana, na
nagsasabi, "Oo, Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa
lahat, ang iyong mga kahatulan ay totoo at matuwid."
8 Ibinuhos ng pang-apat na anghel ang kaniyang mangkok
sa araw at ibinigay sa kaniya ang pagsunog sa mga tao sa
pamamagitan ng apoy. 9 At ang mga tao ay nasunog ng
matinding init, ngunit nilapastangan nila ang pangalan ng
Diyos na siyang may kapamahalaan sa mga salot na ito at sila
ay hindi nagsisi upang magbigay ng kaluwalhatian sa kaniya.

15:5 Mat 3:16
16:6 Luc 11:49-51

10 At ibinuhos ng panglimang anghel ang kaniyang
mangkok sa luklukan ng mabangis na hayop, at
ang kaniyang paghahari ay naging kadiliman kaya
nginangatngat ng mga tao ang kanilang mga dila dahil sa
matinding sakit, 11 at kanilang nilapastangan ang Diyos ng
langit dahil sa matinding sakit at dahil sa kanilang mga
sugat, at hindi sila nagsisi mula sa kanilang mga gawa.
12 At ibinuhos ng pang-anim na anghel ang kaniyang
mangkok sa dakilang ilog ng Eufrates at ang tubig nito
ay natuyo upang maihanda ang daan ng mga haring mula
kung saan sumisikat ang araw. 13 At nakita ko ang tatlong
karumal-dumal na espiritu na katulad ng mga palaka
mula sa bibig ng dragon at mula sa bibig ng mabangis na
hayop at mula sa bibig ng bulaang propeta, 14 sapagkat
sila ang mga espiritu ng mga demonyo, na gumagawa ng
mga tanda, na lumabas patungo sa mga hari ng daigdig
at ng buong sanlibutan upang sila ay tipuning sama-sama
para sa digmaan ng dakilang araw na iyon ng Diyos na
Makapangyarihan sa lahat.

16:14 Mat 24:14, 24; 1Ti 4:1
16:15 Luc 12:37,39
16:17 Efe 2:2
16:18 Mat 24:21

15 "Narito, ako ay dumarating katulad ng isang
magnanakaw. Pinagpala siya na nagbabantay at nag-iingat
ng kaniyang mga damit upang siya ay hindi lalakad na
hubad at makikita nila ang kaniyang kahihiyan."
16 At sila ay kaniyang tinipong sama-sama sa dakong
tinatawag na Armagedon sa wikang Hebreo.
17 At ibinuhos ng pampitong anghel ang kaniyang mangkok
sa hangin at isang malakas na tinig ang lumabas mula sa
banal na dako ng langit, mula sa trono, na sinasabi, "Naganap
na!" 18 At nagkaroon ng mga tinig at mga kulog at mga kidlat,
at nagkaroon ng malakas na lindol na wala pang naganap na
katulad nito simula ng nagkaroon ng tao sa daigdig, lindol
na napakatindi at napakalakas. 19 At ang dakilang lungsod ay
nahati sa tatlong bahagi at ang mga lungsod ng mga bansa ay
bumagsak, at ang dakilang Babilonia ay naalala sa harapan ng
Diyos upang ibigay sa kaniya ang saro ng alak ng matinding
galit ng kaniyang poot. 20 At ang bawat pulo ay naglaho at
ang mga bundok ay hindi nakita. 21 At ang malaking ulan ng
yelo na kasing bigat ng isang talento° ay bumagsak sa mga
tao mula sa langit, kaya nilapastangan ng mga tao ang Diyos
dahil sa salot ng ulan ng yelo sapagkat ang salot nito ay
lubhang matindi.

Ang Babaing Nakaupo sa Mabangis na Hayop

17 Ang isa sa pitong anghel na may taglay ng pitong
mangkok ay lumabas at nagsalita sa akin na sinasabi,

"Halika rito at ipapakita ko sa iyo ang hatol sa dakilang patutot
na siyang nakaupo sa ibabaw ng maraming tubig, 2na sa kaniya
ay nakiapid ang mga hari ng daigdig at ang mga naninirahan
sa daigdig ay nalasing sa pamamagitan ng alak ng kaniyang
pakikiapid."
3Kaya ako ay kaniyang dinala patungo sa ilang sa
pamamagitan ng Espiritu at nakita ko ang isang babae na
nakaupo sa pulang mabangis na hayop na may pitong ulo
at sampung sungay na punung-puno ng mga pangalan ng
paglapastangan. 4At ang babae ay nakadamit ng kulay ube
at pula, at siya ay nagayakan ng ginto at mamahaling bato at
mga perlas, at may isang sarong ginto sa kaniyang kamay na
punung-puno ng mga bagay na karumal-dumal at ng karumihan
ng kaniyang pakikiapid. 5At sa kaniyang noo ay may isang
pangalan na nakasulat: HIWAGA, ANG DAKILANG
BABILONIA, ANG INA NG MGA PATUTOT AT NG MGA
KARUMAL-DUMAL NG DAIGDIG. 6At nakita ko ang
babae na nalasing sa pamamagitan ng dugo ng mga banal at sa
pamamagitan ng dugo ng mga saksi ni Jesus. At nang siya ay
nakita ko, ako ay namangha na may labis na pamamangha.
7At sinabi ng anghel sa akin, "Bakit ka namangha? Sasabihin
ko sa iyo ang hiwaga ng babae at ng mabangis na hayop na may
pitong ulo at sampung sungay, na siyang nagdadala sa kaniya.
8Ang mabangis na hayop na iyong nakita ay ang nasa nakaraan,
at kasalukuyang nawala, at nalalapit nang umahon mula sa
walang hanggang kalaliman at papatungo sa kapahamakan. At
ang mga taong naninirahan sa daigdig, na ang mga pangalan
ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay simula pa sa pagkatatag
ng sanlibutan, ay mamamangha habang nakikita nila ang
mabangis na hayop, na nasa nakaraan, at kasalukuyang nawala,
ngunit paparating.
9"Narito ang kaisipan na may karunungan. Ang pitong ulo
ay pitong bundok kung saan ang babae ay umuupo sa kanila,
10at sila ay pitong hari: ang lima ay ang mga bumagsak, at
ang isa ay nasa kasalukuyan, at isa ay hindi pa dumating,
ngunit kapag siya ay dumating, siya ay nararapat na sandaling
manatili. 11At ang mabangis na hayop na siyang nasa nakaraan
at wala na sa kasalukuyan ay siya ring pangwalo at siya ay mula
sa pito at patungo sa kapahamakan.
12"Ang sampung sungay na iyong nakita ay sampung
hari na hindi pa tumanggap ng paghahari, ngunit sila ay
tumatanggap ng kapamahalaan bilang mga hari ng isang
oras kasama ang mabangis na hayop. 13Ang mga haring
ito ay may isang kaisipan at ibibigay nila ang kanilang
kapangyarihan at kapamahalaan sa mabangis na hayop. 14Sila

17:8
Luc 8:31
17:14
Mat 22:14;
Jua 16:33;
1Ti 6:15

ay makikipagdigma laban sa Kordero ngunit ang Kordero
ang lulupig sa kanila sapagkat siya ang Panginoon ng mga
panginoon at Hari ng mga hari, at yaong mga kasama niya ay
ang mga tinawag at mga pinili at matatapat."
15 At sinasabi ng anghel sa akin, "Ang mga tubig na iyong
nakita kung saan umuupo ang patutot ay mga lahi at mga
pangkat at mga bansa at mga wika. 16 Ang sampung sungay
na iyong nakita sa mabangis na hayop, ang mga ito ang
mapopoot sa patutot at gagawin nila siyang wasak at hubad, at
kanilang kakainin ang kaniyang mga laman at siya ay kanilang
tutupukin ng apoy, 17 sapagkat ilalagay ng Diyos sa kanilang
mga puso upang gawin ang kaniyang kalooban at upang sila ay
gumawa ng isang layunin at ibigay ang kanilang kaharian sa
mabangis na hayop hanggang sa maganap ang mga sinabi ng
Diyos. 18 At ang babae na iyong nakita ay ang dakilang lungsod
na siyang mayroong paghahari sa mga hari ng daigdig."

Bumagsak ang Babilonia

18 At pagkatapos ng mga bagay na ito, nakita ko ang
isa pang anghel na bumababa mula sa langit na may
dakilang kapangyarihan, at ang daigdig ay nagliwanag dahil sa
17:17 kaniyang kaluwalhatian. 2 At siya ay sumigaw sa pamamagitan
2Co 8:16
18:4 ng napakalakas na tinig na sinasabi, "Bumagsak na siya,
2Co 6:17 bumagsak na ang Babilonia, ang dakilang lungsod at siya ay
naging dakong tirahan ng mga demonyo at bilangguan ng
bawat karumal-dumal na espiritu at kulungan ng bawat marumi
at kasuklam-suklam na ibon! 3 Dahil ang lahat ng mga bansa
ay nagpakalasing mula sa alak ng poot ng kaniyang pakikiapid
at ang mga hari ng daigdig ay nakiapid sa kaniya at ang mga
mangangalakal sa daigdig ay yumaman sa pamamagitan ng
kapangyarihan ng kaniyang kahalayan."
4 At narinig ko ang isa pang tinig mula sa langit, na sinasabi,
"Aking bayan, lumabas kayo mula sa kaniya upang hindi kayo
makibahagi sa kaniyang mga kasalanan at upang wala kayong
matanggap mula sa kaniyang mga salot, 5 sapagkat ang kaniyang
mga kasalanan ay nagkapatung-patong hanggang sa langit at ang
kaniyang mga kasamaan ay inalala ng Diyos. 6 Ibigay ninyo sa
kaniya ang kagaya rin ng kaniyang ibinigay sa inyo at idalawang
ulit ninyo sa kaniya nang makalawang ulit ayon sa kaniyang
mga gawa at haluin ninyo ng makalawang ulit sa kaniya sa saro
na kaniyang pinaghaluan. 7 Kung gaano niya pinarangalan ang
kaniyang sarili at nagpakarangya, ibigay ninyo sa kaniya ang
gayunding pagdurusa at pagluluksa sapagkat sinasabi niya sa
kaniyang puso, 'Ako ang reyna na nakaupo at hindi ang babaing
balo at hinding-hindi ako makakakita ng pagluluksa.' 8 Dahil dito,

sa isang araw ay darating ang kaniyang mga salot: ang kamatayan
at ang pagluluksa at ang pagkagutom. At siya ay tutupukin
sa pamamagitan ng apoy sapagkat ang Panginoong Diyos na
makapangyarihan ang siyang hahatol sa kaniya.

9"At ang mga hari sa daigdig, yaong mga nakiapid sa kaniya at
nagpakahalay, ay tatangis at mananaghoy dahil sa kaniya kapag
makita nila ang usok ng pagsunog sa kaniya. **10**Dahil sa takot sa
kaniyang pagdurusa, sila na nakatayo sa malayo ay nagsasabi,
'Kaabahan, kaabahan, ang dakilang lungsod ng Babilonia, ang
makapangyarihang lungsod! Sapagkat sa loob ng isang oras ay
dumating ang iyong kahatulan.' **11**At ang mga mangangalakal
ng daigdig ay tumatangis at nagluluksa para sa kaniya sapagkat
wala nang bumibili ng kanilang kalakal, **12**mga kalakal na ginto,
pilak, mamahaling bato, perlas, pinong lino, telang kulay ube,
telang seda, telang pula, lahat ng uri ng mabangong kahoy,
lahat ng kagamitang yari sa garing,* lahat ng kagamitang yari
sa pinakamamahaling kahoy, tanso, bakal, marmol, **13**sinamon,
mga insenso, pamahid, kamaniyang♦, alak, langis ng olibo,
pinong harina at trigo, mga baka, mga tupa, mga kabayo, mga
karwahe, mga katawan at mga kaluluwa ng mga tao. **14**At ang
mga bunga ng masidhing pagnanasa ng iyong kaluluwa ay nawala
sa iyo at ang lahat ng masasarap at ng mararangyang bagay ay
nawala sa iyo at kailanman ay hindi mo na matatagpuan ang
mga ito. **15**Ang mga mangangalakal ng mga bagay na ito, sila na
yumaman sa pamamagitan niya ay tatayo sa malayo dahil sa takot
sa pagdurusa niya, ay tumatangis at nagluluksa, **16**at sinasabi,
'Kaabahan, kaabahan, ang dakilang lungsod na naramtan ng
pinong lino at telang kulay ube at telang pula, at nakagayak sa
ginto at mamahaling bato at mga perlas, **17**sapagkat sa isang oras
ay naging walang kabuluhan ang gayon kalaking kayamanan.' At
ang bawat kapitan at ang bawat kasama sa mga barko at ang mga
mandaragat at ang lahat ng manggagawa sa dagat ay tumayo sa
malayo, **18**at nang nakita nila ang usok ng pagsunog sa kaniya,
sila ay sumisigaw na sinasabi, 'Anong lungsod ang kasindakila ng
lungsod na ito?'

19"At sila ay naglagay ng alikabok sa kanilang mga ulo at
sumisigaw na tumatangis at nagluluksa, na sinasabi, 'Kaabahan,
kaabahan, ang dakilang lungsod na siyang nagpayaman sa lahat
ng mayroong mga barko sa dagat dahil sa kaniyang kayamanan
sapagkat ito ay naging walang kabuluhan sa isang oras.'

20"Magalak ka sa kaniya, O langit, at kayong banal na mga
apostol at mga propeta sapagkat ang kahatulan ng Diyos ay
ipaghiganti kayo laban sa kaniya."

18:13
1Ti 1:10

* **18:12** *garing*: Ito ay pruduktong yari sa pangil ng elepante.

21 At isang malakas na anghel ang nagbuhat ng bato na
katulad ng malaking gilingang-bato at kaniyang inihagis ito sa
dagat, na sinasabi, “Sa ganito kabagsik na paraan ay ihahagis
ng Diyos ang dakilang lungsod ng Babilonia at kailanman ay
hindi na makikita. 22 At ang tunog ng mga manunugtog ng alpa
at mga musikero at mga manunugtog ng mga plawta at mga
manunugtog ng mga trumpeta ay hindi na maririnig kailanman
sa iyo, at ang bawat manggagawa sa bawat hanapbuhay
ay hindi na kailanman makikita sa iyo, at ang tunog ng
gilingang-bato ay hindi na maririnig kailanman sa iyo, 23 at
ang liwanag ng ilawan ay hindi na kailanman magliliwanag
sa iyo, at ang tinig ng lalaking ikakasal at ng babaing ikakasal
ay hindi na maririnig kailanman sa iyo sapagkat ang iyong
mga mangangalakal ay mga dakilang tao sa daigdig, dahil sa
pamamagitan ng iyong panggagaway ay nadaya ang lahat ng
mga bansa. 24 Ngunit ang dugo ng mga propeta at ng mga banal
at lahat niyaong pinatay sa daigdig ay natagpuan sa kaniya.”

Aleluya!

19 Pagkatapos ng mga bagay na ito, narinig ko ang
napakalakas na tinig ng lubhang napakaraming tao
sa langit, na nagsasabi, “Aleluya! Ang kaligtasan, ang
kaluwalhatian, ang karangalan at ang kapangyarihan ay sa
ating Panginoong Diyos, 2 sapagkat ang kaniyang kahatulan ay
totoo at matuwid dahil kaniyang hinatulan ang dakilang patutot
na sumira sa daigdig sa pamamagitan ng kaniyang pakikiapid,
at kaniyang ipinaghiganti ang dugo ng kaniyang mga alipin
mula sa kamay ng dakilang patutot.” 3 At sila ay muling
sumigaw, “Aleluya! Ang usok ng dakilang patutot ay pumaitaas
magpakailan pa man.” 4 At ang dalawampu't apat na matatanda
at ang apat na buhay na nilalang ay nagpatirapa at kanilang
sinamba ang Diyos na siyang nakaupo sa trono, na sinasabi,
“Siya nawa! Aleluya!” 5 At isang tinig ang lumabas mula sa
luklukan na sinasabi, “Purihin ninyo ang ating Diyos, kayong
lahat na kaniyang alipin at kayong may pagkatakot sa kaniya at
ang mga hindi dakila at ang mga dakila.” 6 At narinig ko na ito
ay katulad ng isang tinig ng lubhang napakaraming tao at ito ay
katulad ng tunog ng maraming tubig at ito ay katulad ng tunog
ng malalakas na kulog, na nagsasabi, “Aleluya! Sapagkat ang
Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat ay naghahari
na. 7 Tayo ay magsayang lubos at tayo ay magalak nang lubos
at tayo ay magbigay ng kaluwalhatian sa kaniya sapagkat
dumating na ang kasal ng Kordero at inihanda na ng kaniyang
magiging asawa ang kaniyang sarili.” 8 At ipinagkaloob sa
kaniya na siya ay mabihisan ng dalisay at maningning na

18:24 Mat 23:35
19:7 Mat 22:2; Efe 5:32

pinong lino sapagkat ang pinong lino ay ang mga gawang
matuwid ng mga banal.
9 At sinabi niya sa akin, "Isulat mo, 'Pinagpala sila na mga
tinawag para sa hapunan ng kasal ng Kordero!' " At sinabi niya
sa akin, "Ang mga ito ay totoong mga salita ng Diyos." 10 At ako
ay nagpatirapa sa harapan ng kaniyang mga paa upang siya ay
sambahin, ngunit sinasabi niya sa akin, "Ingatan mo na huwag
mong gawin ito! Ako ay kapwa mo alipin at kapatid mo na mga
nagtataglay ng patotoo ni Jesus. Sambahin mo ang Diyos dahil
ang patotoo ni Jesus ay ang espiritu ng paghahayag."

Ang Nakasakay sa Kabayong Puti

11 At nakita ko ang langit na nakabukas na, at narito ang isang
puting kabayo, at yaong nakaupo sa kaniya ay tinatawag na Tapat
at Totoo, at siya ay humahatol at nakikipagdigma sa pamamagitan
ng katuwiran. 12 At ang kaniyang mga mata ay katulad ng alab
ng apoy at sa kaniyang ulo ay maraming putong, at siya ay
nagtataglay ng pangalan na nakasulat na walang sinumang
nakakaalam maliban sa kaniya. 13 At siya ay nakasuot ng isang
kasuotang itinubog sa dugo at tinatawag ang kaniyang pangalan
na Salita ng Diyos. 14 At ang mga hukbo sa langit ay sumusunod
sa kaniya na nakasakay sa mapuputing kabayo na nakasuot ng
maputi at malinis na pinong lino. 15 At lumabas mula sa kaniyang
bibig ang isang matalim na tabak upang sa pamamagitan nito
ay maari niyang tagain ang mga bansa, at sila ay kaniyang
pamamahalaan sa pamamagitan ng tungkod na bakal,
Awi 2:9
at kaniyang yuyurakan ang pisaan ng ubas ng labis na galit
at ng poot ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. 16 At
sa kaniyang balabal at sa hita ay mayroong nakasulat na
pangalan: HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA
PANGINOON.
17 At nakita ko ang isang anghel na nakatayo sa araw at siya
ay sumigaw sa lahat ng mga ibon na lumilipad sa himpapawid
sa pamamagitan ng napakalakas na tinig na sinasabi, "Halikayo
at magtipun-tipon kayo sa hapunan ng dakilang Diyos 18 upang
kayo ay kakain ng mga laman ng mga hari at mga laman ng
mga pinunong kapitan at mga laman ng malalakas na tao at
mga laman ng mga kabayo at mga nakaupo sa kanila, at mga
laman ng lahat ng mga taong malaya at mga alipin, at ng mga
hindi dakila at mga dakila."
19 At nakita ko ang mabangis na hayop at ang mga hari ng
daigdig at ang kanilang mga hukbo na nagkatipun-tipon upang
makipagdigma laban sa kaniya na nakaupo sa kabayo at laban
sa kaniyang hukbo. 20 At ang mabangis na hayop ay hinuli at

19:9 Luc 14:15
19:10 Gaw 10:25-26
19:11 Mat 3:16
19:13 Jua 1:1
19:15 2Te 2:8
19:16 1Ti 6:15
19:20 Mat 24:24

pagkatapos nito ay ang bulaang propeta na siyang gumawa ng
mga tanda sa harap niya, na sa pamamagitan ng mga ito ay
kaniyang dinaya yaong mga tumanggap ng tatak ng mabangis
na hayop at yaong mga sumasamba sa kaniyang pangalan.
Ang dalawang ito ay itinapong buhay sa lawa ng apoy na
nagniningas sa asupre. 21 At ang mga naiwan ay pinatay niyaong
nakaupo sa kabayo sa pamamagitan ng tabak na lumabas mula
sa kaniyang bibig. At ang lahat ng mga ibon ay nabusog mula sa
laman ng mga ito.

Ang Isang Libong Taon

20 At nakita ko ang isang anghel na bumababa mula
sa langit na tinataglay ang susi ng walang hanggang
kalaliman at nasa kaniyang kamay ang isang malaking tanikala.
2 At hinuli niya ang dragon, ang sinaunang ahas na siyang
diyablo♦ at Satanas, at siya ay ginapos niya sa loob ng isang
libong taon, 3 at itinapon siya ng anghel sa walang hanggang
kalaliman at sinarahan siya at senelyuhan ang ibabaw nito
hanggang sa matapos ang isang libong taon upang hindi na niya
madaya ang mga bansa. Ngunit pagkatapos ng mga bagay na
ito, siya ay kinakailangang palayain sa maikling panahon.

20:1 Luc 8:31
20:2 Mat 4:10; 2Pe 2:4
20:3 Mat 27:66
20:4 Mat 19:28; Heb 4:12
20:5 Luc 14:14; Flp 3:11; 1Te 4:16
20:6 1Pe 2:5
20:8 Heb 11:12

4 At nakita ko ang mga luklukan at sila na nakaupo sa mga
luklukan, at ang paghatol ay ibinigay sa kanila. At nakita ko
ang mga kaluluwa niyaong mga pinugutan ng ulo dahil sa
patotoo♦ ni Jesus at dahil sa salita ng Diyos, at sila na mga hindi
sumamba sa mabangis na hayop o sa kaniyang larawan, at hindi
tumanggap ng kaniyang tatak sa kanilang noo at sa kanilang
kamay. At sila ay nabuhay at nagharing kasama ni Cristo sa
loob ng isang libong taon. 5 Subalit ang mga natira sa mga patay
ay hindi nabuhay hanggang sa matapos ang isang libong taon.
Ito ang unang muling pagkabuhay. 6 Pinagpala at banal yaong
may bahagi sa unang muling pagkabuhay. Sa kanila ay walang
kapangyarihan ang ikalawang kamatayan, sa halip ay magiging
mga saserdote sila ng Diyos at ni Cristo, at sila ay maghaharing
kasama niya sa loob ng isang libong taon.

Ang Hatol kay Satanas

7 At kapag matapos na ang isang libong taon, si Satanas ay
palalayain mula sa kaniyang bilangguan, 8 at siya ay lalabas
upang dayain ang mga bansa na nasa apat na sulok ng daigdig,
ang Gog at ang Magog, upang sila ay tipunin para sa digmaan
na ang kanilang bilang ay katulad ng buhangin sa dagat.
9 Kaya sila ay umahon sa kalaparan ng daigdig at pinalibutan
ang kampo ng mga banal at ang pinakamamahal na lungsod,
ngunit bumaba ang apoy galing sa Diyos mula sa langit at

nilamon sila. 10 At ang diyablo na siyang nandaya sa kanila
ay itinapon sa lawa ng apoy at ng asupre, kung saan naroroon
ang mabangis na hayop at ang bulaang propeta, at sila ay
pahihirapan araw at gabi, magpakailan pa man.

Hinatulan ang mga Taong Patay

11 At nakita ko ang dakilang puting trono at yaong
nakaupo roon, na ang lupa at ang langit ay tumakas mula
sa kaniyang harapan at walang natagpuang lugar para sa
kanila. 12 At nakita ko ang mga taong patay, mga hindi
dakila at mga dakila, na nakatayo sa harapan ng Diyos.
At ang mga aklat ay binuksan at ang isa pang aklat ay
binuksan, ito ay ang aklat ng buhay. At ang mga patay ay
hinatulan ayon sa kanilang mga gawa mula sa mga nakasulat
sa mga aklat. 13 At isinuko ng dagat ang mga patay na nasa
kaniya, at isinuko ng Kamatayan at ng Hades ang mga patay
na nasa kanila at ang bawat isa sa kanila ay hinatulan ayon
sa kanilang mga gawa. 14 At ang Kamatayan at ang Hades ay
itinapon sa lawa ng apoy. Ito ang ikalawang kamatayan. 15 At
kung ang sinuman ay hindi natagpuan na nakasulat sa aklat
ng buhay, siya ay itinapon sa lawa ng apoy.

Ang Bagong Jerusalem

21 At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang
bagong lupa, sapagkat ang unang langit at ang unang
lupa ay lumipas na at ang dagat ay wala na. 2 At ako, si Juan,
nakita ko ang banal na lungsod, ang bagong Jerusalem, na
bumababang nagmula sa Diyos mula sa langit na nakahanda
katulad ng isang babaing ikakasal na ginayakan para sa
kaniyang asawa. 3 Narinig ko ang isang malakas na tinig mula
sa langit, na sinasabi, “Narito, ang tabernakulo ng Diyos ay
nasa mga tao at siya ay mananahang kasama nila, at sila ay
magiging kaniyang bayan at siya mismo ang magiging Diyos
na kasama nila at magiging kanilang Diyos. 4 At papahirin ng
Diyos ang bawat luha sa kanilang mga mata at mawawala na
ang kamatayan, ang pagluluksa, ang pag-iyak at ang pagkahapis
sapagkat ang naunang mga bagay ay lumipas na.”

Isa 25:8

5 At siya na nakaupo sa trono ay nagsabi, “Narito, ginawa
kong bago ang lahat ng mga bagay.” At sinabi niya sa akin,
“Isulat mo, sapagkat ang mga salitang ito ay totoo at matapat.”

6 At sinabi niya sa akin, “Ang lahat ay naganap na. Ako
ang Alpha at ang Omega♦, ang simula at ang wakas. Ako
ang magbibigay ng tubig ng buhay na walang bayad mula
sa bukal sa kaniya na nauuhaw. 7 Siya na mapagtagumpay

20:12 Mat 16:27; Luc 10:20
20:13 Mat 16:27
20:14 1Co 15:26
21:1 2Pe 3:13
21:2 Heb 11:10
21:3 2Co 6:16
21:4 1Co 15:26; 2Co 5:17
21:6 Jua 4:10
21:7 Jua 16:33; Rom 8:14; 2Co 6:16

ay magmamana ng lahat ng mga bagay, at ako ay magiging
kaniyang Diyos at siya ay magiging aking anak. 8Ngunit
sa mga natatakot, sa mga hindi nananampalataya, sa mga
kasuklam-suklam, sa mga mamamatay-tao, sa mga mapakiapid,
sa mga manggagaway, sa mga sumasamba sa diyos-diyosan at
sa lahat ng mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa lawa na
nagniningas sa apoy at asupre. Ito ang ikalawang kamatayan."

9At ang isa sa pitong anghel na nagtataglay ng pitong mangkok
na punung-puno ng pitong huling mga salot ay pumunta sa akin
at siya ay nagsalita sa akin na sinasabi, "Halika, ipapakita ko sa
iyo ang babaing ikakasal, ang asawa ng Kordero." 10At ako ay
dinala niya sa pamamagitan ng Espiritu patungo sa isang dakila
at mataas na bundok, at ipinakita niya sa akin ang dakilang
lungsod, ang banal na Jerusalem na bumababa mula sa langit, na
nagmula sa Diyos, 11na tinataglay ang kaluwalhatian ng Diyos, at
ang kaniyang liwanag ay katulad sa isang napakahalagang batong
katulad ng isang kristal na batong haspe. 12Ito ay mayroon ding
malaki at mataas na pader na may labindalawang tarangkahan at
sa mga tarangkahan ay may labindalawang mga anghel, at doon
ay may nakaukit na mga pangalan ng labindalawang lipi ng mga
anak ni Israel. 13Sa bahaging silangan ay tatlong tarangkahan,
sa bahaging hilaga ay tatlong tarangkahan, sa bahaging timog
ay tatlong tarangkahan at sa bahaging kanluran ay tatlong
tarangkahan.

21:8 1Co 6:9; Heb 12:14
21:14 Gaw 1:26; Efe 2:20

14At ang pader ng lungsod ay may labindalawang saligan
at ang labindalawang pangalan ng mga apostol ng Kordero ay
nasa kanila. 15At siya na nagsalita sa akin ay may isang gintong
panukat upang kaniyang sukatin ang lungsod at ang mga
tarangkahan nito at ang pader nito. 16At ang lungsod ay nakalatag
sa parisukat at kung gaano ang haba nito ay gayundin ang lawak
nito. At sa pamamagitan ng panukat ay kaniyang sinukat ang
lungsod: labindalawang libong estadya°. Ang haba, ang luwang
at ang taas nito ay magkakasing-sukat. 17At kaniyang sinukat
ang pader nito: isandaan at apatnapu't apat na siko°, ayon sa
sukat ng tao, na sukat din ng anghel. 18At ang pader nito ay yari
sa batong haspe at ang lungsod ay dalisay na ginto katulad ng
malinaw na salamin. 19At ang mga saligan ng pader ng lungsod
ay nagayakan ng lahat ng uri ng mga mahalagang bato: ang una
ay batong haspe, ang pangalawa ay batong sapiro♦, ang pangatlo
ay batong kalsedoniya, ang pang-apat ay batong esmeralda♦, 20ang
panlima ay batong onise, ang pang-anim ay batong kornalina, ang
pangpito ay batong krisolito, ang pangwalo ay batong berilo, ang
pangsiyam ay batong topas, ang pangsampu ay batong krisopraso,
ang panlabing-isa ay batong hasinto at ang panlabindalawa
ay batong amatista♦. 21At ang labindalawang tarangkahan ay

labindalawang perlas: ang bawat isang tarangkahan ay yari sa perlas at ang lansangan ng lungsod ay dalisay na ginto katulad ng salaming nalalagos ng paningin.

22 At ako ay walang nakitang banal na dako sa lungsod sapagkat ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat at ang Kordero ay ang banal na dako nito. **23** At ang lungsod ay hindi nangangailangan ng araw o ng buwan upang magliwanag doon sapagkat ang kaluwalhatian ng Diyos ang nagliliwanag sa lungsod at ang Kordero ang ilawan nito. **24** At ang mga bansa niyaong mga iniligtas ay maglalakad sa liwanag nito at dinadala rito ng mga hari ng daigdig ang kanilang kaluwalhatian at karangalan. **25** At ang mga tarangkahan ng lungsod ay hinding-hindi maisasara sa araw sapagkat wala ng gabi roon. **26** At kanilang dadalhin ang kaluwalhatian at karangalan ng mga bansa sa lungsod. **27** At kailanman ay hindi makakapasok doon ang anumang marumi at ang sinumang gumagawa ng kasuklam-suklam at ng kasinungalingan kundi yaong ang mga pangalan ay nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero.

Ang Ilog na Nagbibigay Buhay

22 At ipinakita niya sa akin ang dalisay na ilog ng tubig ng buhay, na maningning katulad ng kristal, na lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero. **2** Sa kalagitnaan ng lansangan ng lungsod at sa magkabilang panig ng ilog ay may punongkahoy ng buhay na nagbubunga ng labindalawang uri ng bunga at nagbibigay ng kaniyang bunga sa bawat buwan at ang mga dahon ng punongkahoy ay para sa kagalingan ng mga bansa. **3** At doon ay hindi na magkakaroon pa ng sumpa, at ang trono ng Diyos at ng Kordero ay nasa lungsod, at ang kaniyang mga alipin ay maglilingkod sa kaniya **4** at makikita nila ang kaniyang mukha, at ang kaniyang pangalan ay nasa kanilang mga noo. **5** At doon ay hindi na magkakaroon ng gabi at hindi na nila kinakailangan ng ilawan o ng liwanag ng araw sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagliliwanag sa kanila. At sila ay maghahari magpakailan pa man.

6 At sinabi ng anghel sa akin, "Ang mga salitang ito ay matapat at totoo." At ang Panginoong Diyos ng mga banal na propeta ang nagsugo ng kaniyang anghel upang ipakita sa kaniyang mga alipin ang mga bagay na kinakailangang mangyari kaagad.

Si Jesus ay Darating

7 "Narito, ako ay darating kaagad. Pinagpala yaong tumutupad sa mga salita ng pahayag ng aklat na ito."

8 At akong si Juan ang siyang nakakita at siyang nakarinig

21:22 Jua 4:21
22:1 Jua 4:10
22:4 Mat 5:8
22:6 1Co 14:32
22:7 Mat 16:27

ng mga bagay na ito, at nang aking narinig at nakita, ako ay nagpatirapa upang sumamba sa harapan ng paanan ng anghel na siyang nagpakita sa akin ng mga bagay na ito.

9 Ngunit sinabi niya sa akin, "Ingatan mo na huwag mong gawin ito sapagkat ako ay iyong kapwa alipin at ng iyong mga kapatid na mga propeta at niyaong mga tumutupad ng mga salita sa aklat na ito. Ang Diyos ang sambahin mo." **10** Sinabi rin niya sa akin, "Huwag mong selyuhan ang mga salita ng pahayag sa aklat na ito sapagkat ang panahon ay malapit na. **11** Siya na hindi matuwid ay hayaan pa siyang maging hindi matuwid at siya na marumi ay hayaan pa siyang maging marumi. Siya na matuwid ay hayaan pa siyang maging matuwid, at siya na banal ay hayaan pa siyang maging banal."

12 "At narito, ako ay darating kaagad at ang aking gantimpala ay nasa akin upang ipagkaloob sa bawat tao ayon sa kaniyang gawa. **13** Ako ang Alpha at ang Omega♦, ang simula at ang wakas, ang una at ang huli."

22:10 Rom 13:11
22:12 Mat 16:27
22:15 1Co 6:9-10; Gal 5:19-21; Flp 3:2; Col 3:5-6
22:16 Mat 1:1; 2Pe 1:19
22:17 Jua 4:10
22:20 Mat 16:27; 1Co 16:22
22:21 Rom 16:20

14 Pinagpala yaong mga tumutupad sa kaniyang mga utos dahil sila ay magkakaroon ng karapatan sa punongkahoy ng buhay at makakapasok sa mga tarangkahang patungo sa lungsod. **15** Ngunit sa labas ay ang mga aso at ang mga manggagaway at ang mga mapakiapid at ang mga mamamatay-tao at ang mga sumasamba sa mga diyos-diyosan at ang bawat isang nagkakagusto at gumagawa ng kasinungalingan.

16 "Akong si Jesus ang nagsugo sa aking anghel sa mga iglesiya upang patotohanan sa inyo ang mga bagay na ito. Ako ang ugat at ang anak ni David, at ang maningning na tala sa umaga."

17 At ang Espiritu at ang babaing ikakasal ay nagsasabi, "Halika!" At siya na nakarinig ay hayaang magsabi, "Halika!" At siya na nauuhaw ay hayaang lumapit at siya na nagnanais ay hayaang kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad.

18 Dahil ako ay nagpapatotoo sa bawat isa na nakikinig sa mga salita ng paghahayag ng aklat na ito: Kapag ang sinuman ay magdagdag patungkol sa mga bagay na ito, idadagdag ng Diyos sa kaniya ang mga salot na nakasulat sa aklat na ito. **19** At kapag ang sinuman ay mag-alis mula sa mga salita ng aklat ng pahayag na ito, aalisin ng Diyos ang kaniyang bahagi mula sa aklat ng buhay at mula sa banal na lungsod at mula sa mga nakasulat sa aklat na ito.

20 Siya na nagpapatotoo sa mga bagay na ito ay nagsasabi, "Oo, ako ay darating kaagad."

Siya nawa. Oo, Panginoong Jesus, dumating ka na.

21 Ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo ay sumainyong lahat. Siya nawa!

PAGHAHAMBING NG MGA TIMBANG AT MGA SUKAT

Ang simbolong ° sa talata ng Bibliya sa tabi ng isang salita o parirala ay nagpapahayag na may paliwanag patungkol sa salita o pariralang iyon ang paghahambing ng mga timbang at mga sukat.

HABA

Unit	Sukat na nasa Bibliya	Katumbas sa Estados Unidos	Pamantayang Sukat
Siko *(Jua 21:8)*	2 dangkal	18 pulgada	0.5 metro
Dipa *(Gaw 27:28)*	4 siko	6 talampakan	1.83 metro
Estadya *(Luc 24:13)*	400 siko	600 talampakan	185 metro
Paglalakad sa araw ng Sabat *(Gaw 1:12)*	2000 siko	3000 talampakan	888 metro
Milya *(Mat 5:41)*	8 estadya	4854 talampakan	1.48 kilometro

TIMBANG

Unit	Sukat na nasa Bibliya	Katumbas sa Estados Unidos	Pamantayang Sukat
Libra *(Jua 19:39)*	30 sekel	12 onsa	0.45 kilo
Mina *(Luc 19:13)*	50 sekel	1.25 libra	0.6 kilo
Talento *(Mat 25:15)*	60 mina	75-88 libra	34-40 kilo

NILALAMAN

Unit	Sukat na nasa Bibliya	Katumbas sa Estados Unidos	Pamantayang Sukat
Timba *(Luc 16:6)*	10 omer	0.6 tiklis	22 litro
Pitsel *(Mar 7:4)*	0.5 cab	1.16 pinta	0.5 litro
Takal *(Pah 6:6)*	0.05 efah	1 quart	1.2 litro
Metreta *(Jua 2:6)*	10 hins	10 galon	37 litro
Takalan*(Mat 5:15)*	4 omer	0.25 tiklis	8.8 litro
Bariles *(Luc 16:7)*	10 efah	6 tiklis	220 litro

PANANALAPI

Unit	Sukat na nasa Bibliya	Katumbas na Halaga
Lepta *(Mar 12:42)*	1/128 denaryo	Isa sa pinakamaliit na pera ng Griyego, napakaliit na halaga
Sentimo *(Mat 5:26)*	2 lepta	Pinakamaliit na pera ng Romano, napakaliit na halaga
Sentimo *(Mat 10:29)*	1/16 denaryo	Pera ng Griyego, halaga para sa 2 maya
Denaryo *(Mat 18:28)*		Isang araw na sahod para sa manggagawa sa bukid
Pilak *(Luc 15:8)*	1 denaryo	Kasing-halaga ng isang denaryo
Sekel	2 beka	*Tingnan ang paliwanag sa ibaba
Isang piraso ng pera *(Mat 17:27)*	1 sekel	Isang perang pilak na katumbas ng halos 4 na denaryo
Mina *(Luc 19:13)*	60 sekel	*Tingnan ang paliwanag sa ibaba
Talento *(Mat 18:24)*	60 mina	Ang talento sa pananalapi ng Griyego ay napakalaking halaga at mahirap ihambing sa kasalukuyang halaga ng pananalapi

* Ang mga panukat noong unang panahon ay may mga kapansin-pansing pagkakaiba sa mga panukat sa kasalukuyan. Ngunit ang mga ito ay halos magkakatulad rin sa kasalukuyan.

TALAHULUGANAN NG BAGONG TIPAN

Ang simbolong ♦ sa talata ng Bibliya sa tabi ng isang salita o parirala ay nagpapahayag na ang talahuluganan ay may paliwanag patungkol sa salita o pariralang iyon.

A

Abba: Ito ay salitang Aramaic na ang kahulugan ay "Ama." Nagsasaad ito ng matalik na ugnayan (*Mar 14:36; Rom 8:15; Gal 4:6*).

Abraham: Hebreong pangalan na ang kahulugan ay "ama ng lubhang napakaraming tao" (*Gen 17:5; Rom 4:1*).

Amatista: Bato na hindi gaanong mamahalin, isang uri ng batong kristal mula sa hanay ng maputlang lila hanggang sa matingkad na kulay-ube (*Exo 28:19; 39:12; Pah 21:20*).

Anak ng Tao: Ito ang titulong madalas gamitin ni Jesus sa pagtukoy sa kaniyang sarili (*Mat 20:28; 24:30; 26:64; Jua 3:13-14*). Ang batayan ng titulong ito ay sa Dan 7:13-14. Tinutukoy ng mga talatang ito na siya ay parehong tao (*"isang katulad ng Anak ng Tao"*) at Diyos (*"na dumating sa mga ulap ng langit"*). Ang Kauna-unahang mga Araw ang magbibigay sa kaniya ng walang hanggang kaharian na maghahari sa lahat, at ang dulot nito ay upang paglingkuran siya ng lahat. Ang titulong "Anak ng Tao" ang nagpapahayag ng lahat ng mga kaisipang ito. Kaya, ipinakikilala nito na si Jesus bilang Mesiyas ay parehong tao at Diyos.

Ang Alpha at ang Omega: Ang una at huling mga titik ng alpabetong Griyego (*Pah 1:8, 11; 21:6; 22:13*). Pansagisag, "ang pasimula at ang wakas," katulad sa Pah 22:13.

Anghel: Ang mga espiritung nilalang ng Diyos upang maglingkod sa tao bilang kinatawan ng Diyos (*Heb 1:14*). Subalit nagkaroon ng dalawang uri ng mga anghel: ang mababuting anghel ay mga lingkod ng Diyos (*Luc 1:26*) at ang mga nagkasalang anghel (*mga demonyo*) ay mga lingkod ni Satanas (*Mat 25:41; 2Pe 2:4*).

Angkla: Isang mabigat na bagay na ikinakabit sa bangka sa pamamagitan ng lubid o kadena at inihuhulog sa lawa o dagat upang mapanatili ang bangka sa isang lugar (*Gaw 27:29, 30, 40; Heb 6:19*).

Araw ng Paghahanda: Ang araw na itinalaga sa paghahanda sa Sabat o sa kapistahan (*Mar 15:42*). Ang paghahanda sa Sabat ay ginaganap sa araw Biyernes (*Mat 27:62; Jua 19:31, 42*). Ang araw ng paghahanda nang si Jesus ay ipako sa krus ay ang araw rin kung kailan ang kordero ng Paglagpas ay inihahandog (*Jua 19:14*).

B

Balumbon: Ang balumbon ay binubuo ng mahahabang balat o papel na kung saan ang mga nakasulat ay magkakahanay at ito ay nakasilid sa bilog na kahoy (*Pah 6:14*). Ang mga balumbon ay napalitan ng mga aklat pagkatapos ng panahon ng Bagong Tipan.

Barbaro: Ito ay salitang tumutukoy sa isang tao na hindi makapagsalita ng wikang Griyego (*1Co 14:11*) kung kaya siya ay isang dayuhan (*Rom 1:14*).

Batalyon: Ito ay binubuo ng halos 600 sundalo, ang ikasampung bahagi ng lehiyon ng Romano (*Mat 27:27; Mar 15:16; Jua 18:3, 12; Gaw 10:1; 21:31; 27:1*).

Beelzebub: Isang pangalan ni Satanas bilang prinsipe ng mga demonyo (*Mat 10:25; 12:24; Mar 3:22; Luc 11:15*). Ang literal na kahulugan nito ay "ang panginoon ng mga langaw." Ito rin ang pangalang ginagamit ng mga Judio para sa diyos ng Cananeo na si Beelzebub (*2Ha 1:2*).

Buwis ng Templo: Ito ay katumbas ng dalawang araw na sahod ng pangkaraniwang manggagawa na ibinabayad ng mga lalaking Judio bilang taunang buwis para sa pagtataguyod ng templo (*Mat 17:24*)

C

Cesar: Ang apelyido ng nagtatag ng Imperyo ng Roma na si Gayo Julio Cesar, ito na rin ang naging katawagan sa Emperador ng Roma. Si Augusto Cesar ang tagapamuno nang si Cristo ay ipinanganak (*Luc 2:1*) at si Tiberio Cesar naman ang tagapamuno nang si Juan na Tagapagbawtismo ay nagsimula sa kaniyang paglilingkod (*Luc 3:1*).

D

Dambana: Isang pinataas na lugar na ginawa mula sa mga bato, lupa o bakal na kung saan ang mga hain o mga handog ay iniaalay bilang pagsamba sa Diyos o sa mga diyos-diyosan (*Mat 5:23-24; Pah 11:1*).

Diyablo: Ibang pangalan para kay Satanas na ang kahulugan nito ay "maninirang-puri" (*Mat 4:1; Jua 8:44; Pah 20:2*).

E

Eskriba: Sa panahon ng Bagong Tipan, ang mga eskribang Judio ay mga lalaking kumukopya, nagbabasa at nagtuturo ng Bibliya, lalo na ang Kautusan ni Moises (*Mat 2:4*).

Esmeralda: Ang hindi pangkaraniwang batong pang-alahas na kulay berde mula sa batong berilo. Ito ay napakahalaga dahil sa kagandahan nito (*Eze 27:16; Pah 21:19*).

F

Fariseo: Kaanib ng isang sekta ng Judio na itinatag sa pagitan ng panahon ng Luma at ng Bagong Tipan, at ito ang sumalungat sa mga kaugalian ng pagano. Mahigpit nilang sinusunod ang Kautusan ng Diyos (*Mat 5:20; Flp 3:5*), subalit itinataas nila nang higit ang kaugaliang hindi nakasulat kaysa sa kautusang nakasulat. Madali nilang nahihikayat ang mga Judio subalit sila ay isinumpa dahil

sa kanilang pagpapaimbabaw (*Mat 23*). Si Gamaliel (*Gaw 5:34*) ay isang Fariseo, at si Nicodemo (*Jua 3:1*) at si Pablo (*Gaw 23:6*) ay dating mga Fariseo.

G

Gentil: Ang salitang ito ay nagangahulungan na "mga bansa." At kapag ginagamit ito sa pangmaramihang bilang ito ay maaring tumukoy kapwa sa mga Judio at mga Gentil (*Mat 24:14; 28:19; Luc 24:47*). Gayunpaman, ang salitang "mga Gentil" ay kadalasang katulad ng kahulugan sa Lumang Tipan na mga bansa na iba sa bansang Israel na pinili ng Diyos (*Rom 16:4; Gal 2:12; Efe 3:1*). At ang ibang kahulugan nito sa Bagong Tipan ay tumutukoy sa kanilang kalalagayang espirituwal bilang "hindi mga mananampalataya" (*1Co 10:20; 1Ti 2:7*).

Golgota: Isang salitang Aramaic na ang kahulugan ay "[lugar] ng bungo" at ang salitang Latin na calvaria ay isinalin sa "kalbaryo" sa Tagalog. Tinutukoy nito ang lugar kung saan ipinako sa krus si Jesus (*Mat 27:33; Mar 15:22; Jua 19:17*).

H

Hades: Ang salitang ito ay may dalawang kahulugan. 1) Ang lugar ng mga patay kung saan pupunta ang matuwid at makasalanan pagkatapos ng kamatayan, ito ay ang libingan (*Gaw 2:27, 31; 1Co 15:55*). 2) Ang lugar kung saan ang namatay na makasalanan ay magdaranas ng matinding pagdurusa (*katulad ng pagdurusa sa impiyerno*) hanggang sa sila ay itapon sa lawa ng apoy (*Luc 16:23; Pah 1:18; 20:13-14*).

Hebreo: Ang pangalang ito ay unang ginamit sa mga nagmula sa lahi ni Eber, na isa sa mga ninuno ni Abraham. At sa bandang huli, ito ay ginamit na pangunahing tawag sa mga lahi ni Abraham sa pamamagitan ni Isaac at Jacob. Tinawag din silang mga "Israelita" dahil sila ay nagmula sa lahi ni Abraham sa kaniyang apo na si Israel (*Jacob*). Pagkatapos ng kanilang pagkakatapon sa ibang bansa, lahat ng Israelita ay tinawag na Judio, at ang pangalang "Hebreo" ay hindi na madalas gamitin. Ang tinutukoy na "Hebreo" sa Gaw 6:1 ay mga Judio na nagsasalita ng wikang Hebreo at sumusunod sa paniniwala ng mga Judio at hindi katulad ng mga Judio na kumikilala sa kaugalian at salita ng mga Griyego.

Hosana: Ang literal na kahulugan nito ay "Iligtas mo ako!" o "Tulungan mo ako!" (*Awi 118:25*). Ang salitang ito at ang "Papuri sa kaniya na dumarating sa pangalan ng Panginoon!" (*Awi 118:26*) ay pinagsamang isinigaw ng mga taong bumati kay Jesus nang siya ay matagumpay na pumasok sa Jerusalem (*Mat 21:9, 15; Mar 11:9-10; Jua 12:13*).

I

Impiyerno: Ang kahulugan nito sa salitang Griyego ay "Lambak ng Hinom," isang makitid na lambak sa timog ng Jerusalem kung saan sinusunog ang mga basura. Ang tinutukoy nito sa Bagong Tipan ay isang lugar ng apoy para sa walang hanggang kaparusahan ng mga taong hindi sumampalataya at mga nagkasalang anghel (*Mat 5:22, 29-30; 10:28; 18:9; 23:15, 33; Mar 9:43, 45, 47; Luc 12:5; San 3:6*).

Israel: Tingnan ang "Hebreo."

J

Judio: Tingnan ang "Hebreo."

K

Kaban ng Tipan: Ang kahon na gawa sa kahoy na itinubog sa ginto at pinalamutian ng dalawang kerubin sa ibabaw. Dito nakalagay ang dalawang tapyas na bato kung saan nakasulat ang Sampung Utos kasama ang iba pang mga bagay (*Deu 10:1-5; Heb 9:4*).

Kamanyang: Pinatuyong mabangong dagta ng halaman na ginagamit bilang insenso at pabango (*Exo 30:34; Lev 2:1; AmA 3:6; Mat 2:11; Pah 18:13*).

Kamelyo: Malaking pinaamong hayop na pinagdadala ng mga dalahin (*Mat 19:24*), na pangkaraniwan sa mga ilang na lugar sa Gitnang Silangan. Ito ay may makapal na mga paa at may maumbok na likod at may kakayahang maglakad ng malayo kahit hindi makainom ng tubig. Ibinibilang ang kamelyo na hindi malinis na hayop sa Kautusan (*Lev 11:4*).

Kasulatan: Ang mga banal na kasulatan, ang Bibliya, na binubuo ng Lumang Tipan noon una (*Mat 21:42*) at idinagdag dito ang Bagong Tipan (*2Pe 3:16*).

Kasuotang-sako at abo: Ito ay pagsuot ng kasuotang-sako at pagbuhos ng abo sa ulo na nangangahulugang ang isang tao ay nasa pagdadalamhati o nasa matinding pagsisisi (*Mat 11:21; Luc 10:13*).

Kerubin: Isang hanay ng mga anghel na nagbabantay sa trono ng Diyos (*Gen 3:24; Exo 25:18; Awi 80:2; Eze 10:1; Heb 9:5*).

L

Lehiyon: Ang pangkat ng sundalong Romano na ang bilang ay humigit-kumulang sa 6,000 na sundalo (*Mat 26:53; Mar 5:9, 15; Luc 8:30*).

M

Manna: Pagkaing ibinigay na nagmula sa langit para sa mga Israelita habang sila ay nasa ilang na dako (*Jua 6:31*). Ang isang piraso ng manna ay katulad ng "maliit na bilog na bagay na kasinliit ng namuong hamog sa lupa" (*Exo 16:14*) at "katulad ng buto ng

maputing kulantro at ang lasa ay katulad sa manipis na tinapay na may pulot." (*Exo 16:31*).

Mesiyas: Ang kahulugan nito sa salitang Hebreo ay "ang pinahiran ng langis." Sa panahon ng Lumang Tipan, pinapahiran nila ng langis ang mga propeta, mga saserdote at mga hari, at ang mga bagay na itinatalaga para sa paglilingkod sa Panginoon. Ang pagpapahid ng langis sa mga tao ay pagbibigay sa kanila ng kapamahalaan upang ganapin ang gawain ng Diyos. Sa Lumang Tipan ay inihayag ang darating na Mesiyas (*Lev 4:3; 1Sa 16:6; 2Sa 23:1; 1Cr 16:22; Awi 2:2; Isa 45:1; Dan 9:25*). Sa Bagong Tipan, si Jesus ay nagpakilala at kinilala na siya ang Mesiyas na dumating (*Jua 1:41; 4:25*). Ang salitang "Mesiyas" na nagmula sa Hebreo ay katumbas ng salitang "Cristo" na nagmula sa Griyego.

Mira: Natuyong mabangong dagta mula sa punong kahoy at ginagamit na pamahid (*Exo 30:23*), pang-embalsamo (*Jua 19:39*), pabango (*Awi 45:8; AmA 1:13*), at pampamanhid (*Mar 15:23*).

N

Nardo: Mabangong pamahid na nakukuha sa halamang tumutubo sa hilagang India (*AmA 1:12; 4:13; Mar 14:3; Jua 12:3*).

P

Paglagpas: Ang pinakamahalagang kapistahan na ipinagdiriwang para sa pag-alaala sa paglagpas ng Panginoon sa mga bahay ng mga Israelita (*Exo 12:13*) nang ang mga panganay ng lahat ng mga taga-Egipto ay nalipol. Ang Kapistahan ng Tinapay na Walang Lebadura, na nang una ay kapistahan ng pagsasaka na naghuhudyat ng pagsisimula ng anihan, ay ipinagdiriwang sa loob ng pitong araw simula sa ika-15 araw ng buwan ng Abib (*Exo 23:15; 34:18-20*). Sa kalaunan ang Kapistahan ng Tinapay na Walang Lebadura ay ipinagsama sa Paglagpas (*Exo 12:1-20; Eze 45:21-24; Mat 26:17; Luc 22:1*).

Pangaw: Isang uri ng tanikala na ginagamit sa mga paa na magkaminsan ay ginagamitan ng kahoy bilang pang-ipit sa mga paa (*Mar 5:4; Luc 8:29; Gaw 16:24*).

Pantahip: Ito ay katulad ng isang malaking tenedor na pampala na ginagamit upang ihagis sa hangin ang giniik na butil upang maihiwalay ang ipa mula sa butil (*Mat 3:12; Luc 3:17*).

Patotoo: Ang Sampung Utos ay ang tinatawag na "ang patotoo" (*Exo 31:18*) o "ang mga patotoo" (*Deu 4:45*). Ang mga ito ang kinikilalang katibayan na ang Israel ay pumasok sa isang kaugnayan sa Diyos. Ito ay parehong tinutukoy na "tabernakulo ng patotoo" sa Luma at Bagong Tipan (*Bil 1:50; 10:11; Gaw 7:44; Pah 15:5*). Ang buong Kautusan ng Diyos ay maaari ring tawaging "ang patotoo" (*2Ha 11:12*) o "ang mga patotoo" (*Awi 99:7*) sapagkat nilalaman ng

Kautusan ang mga alituntunin na nakabatay sa Sampung Utos. Ang mga alituntuning ito ay mga batas na dapat sundin ng Israel.

Pinakapunong Saserdote: Tingnan ang "punong saserdote"

Pinunong Kapitan: Ang pinuno ng humigit-kumulang na 600 sundalo (*Jua 18:12; Gaw 21:31-33, 37; Pah 6:15; 19:18*).

Pretorio: Ito ay salitang hiram mula sa Latin na tumutukoy sa itinakdang tirahan ng gobernador (*Mat 27:27; Mar 15:16; Jua 18:28, 33; 19:9; Gaw 23:35*).

Punong Saserdote: Sa salitang Griyego, kapag ito ay nasa isahang bilang, ito ay isinasalin na "pinakapunong saserdote." Ang kahulugan ng salitang ito ay "ang pinakamataas sa mga saserdote." Siya ay gumagawa ng pangkaraniwang gawain ng isang saserdote ngunit siya lamang ang makagagawa ng paghahandog sa Araw ng Pagtubos (*Heb 9:25*). Ang pinakapunong saserdote ang namumuno sa Sanhedrin (*Jua 11:47-49; Gaw 23:1-2*). Bagaman isang tao lamang ang nasa tungkuling ito sa isang nakatakdang panahon, ang mga kalalakihan na naging mga "punong saserdote" ay tinatawag pa rin na "punong saserdote" (*Mat 2:4; 16:21; Gaw 4:23; 22:30*). Sa ngayon, si Cristo ang Pinakapunong Saserdote ng mga mananampalataya (*Heb 2:17; 3:1; 4:14-15; 5:10*).

R

Rabbi: Salitang Hebreo na ang kahulugan ay "aking panginoon" o "aking guro." At ito ay marangal na pagtawag sa mga kinikilalang guro ng kautusan (*Mat 23:7-8; 26:25, 49; Mar 9:5; 10:51; 11:21; 14:45; Jua 1:38; 3:2; 20:16*).

S

Sabat: Salitang nagmula sa Hebreo na ang kahulugan ay "tumigil" o "magpahinga." Ang tinutukoy ng salitang ito ay ang ikapitong araw ng isang linggo, ang natatanging mga araw ng kapahingahan sa mga dakilang kapistahan, at ang ikapitong taon kapag ang mga bukirin ay hindi dapat gamitin (*Exo 20:8-11; Lev 23:32; 25:4-8; 2Cr 36:21; Isa 56:2-6; Mat 12:1-12; Mar 16:1; Col 2:16*).

Saduseo: Isang pangkat ng mga relihiyosong pinuno ng mga Judio na natatag sa pagitan ng panahon ng Luma at ng Bagong Tipan. Karamihan sa mga Saduseo ay mayayamang saserdote na naninirahan sa Jerusalem o malapit dito. Higit nilang pinagmamalasakitan ang pampulitikang mga bagay kaysa sa mga bagay na pangrelihiyon. Itinatanggi nila na mayroong muling pagkabuhay, na mayroong mga anghel at ang iba pang mga katotohanan sa Biblia (*Gaw 23:8*).

Samaritano: Ang pangalang ito ay tumutukoy sa mga naninirahan sa mga lungsod ng Samaria, na dinala ng hari ng Asiria sa lupaing ito. Sila ay mga pagano na nagsimulang sumunod sa ilang bahagi ng

mga paniniwala ng mga Judio (*2Ha 17:23-34*). Ang mga Samaritano at mga Judio ay magkaaway sa panahong iyon (*Jua 4:9; 8:48*).

Sanhedrin: Ang pinakamataas na kalipunan ng mga pinuno ng mga Judio sa Judea. Ang kalipunang ito ay binubuo ng pitumpong matatanda at ng pinakapunong saserdote, kasama ang mga dating punong saserdote, pinuno ng mga lipi at mga pamilya, mga eskriba, mga Saduseo at mga Fariseo. Ang pamahalaang Romano ang nagtatakda ng hangganan kung ano ang saklaw ng kanilang pamamahala (*Mat 26:59; Mar 14:55; Luc 22:66; Jua 11:47; Gaw 4:15*).

Sapiro: Isang magandang asul na bato (*Exo 24:10; Isa 54:11; Eze 1:26; 10:1; 28:13; Pah 21:19*).

Sebada: Ang butil na ito ay pangkaraniwang tumutubo sa Egipto at sa lupain ng Filistia at ginagamit bilang pagkain ng mga kabayo, mga asno at mga baka. Ito rin ang pangkaraniwang pagkain ng mahihirap na tao (*Jua 6:9, 13*). Ito ay sinisimulang anihin sa panahon ng Paglagpas.

Senturion: Isang opisyal na sundalong Romano na may pinamamahalaang 100 sundalo (*Mat 8:5; 27:54; Gaw 10:1*).

Sikamoro: Pangkaraniwang punong kahoy sa Filistia na lumalaki hanggang sa 50 talampakan na may matibay na puno at mayabong na mga sanga kahit sa mababang bahagi ng puno. Ang bunga nito ay katulad ng bunga ng igos ngunit ito ay walang lasa kaya ang mahihirap lamang ang kumakain nito (*1Ha 10:27; Awi 78:47; Isa 9:10; Amo 7:14; Luc 19:4*).

Sinagoga: Ang salitang ito ay may dalawang kahulugan: 1) ang kapulungan ng relihiyosong mga tao (*Pah 2:9; 3:9*). 2) ang lugar na pinagtitipunan ng mga Judio para sa pagsamba, pagtuturo, pananalangin at pagsasama-sama. Sampung mga lalaki ang pinakamababang bilang upang mabuo ang isang sinagoga. Nang natapos ang pagkatapon ng mga Judio sa ibang bansa ay nagkaroon ng maraming sinagoga. Ang mga Gentil na sumunod sa Diyos ay maaaring dumalo sa pananambahan sa sinagoga (*Mat 4:23; Gaw 13:14*). At ang mga paghahandog ay ginaganap lamang sa templo sa Jerusalem.

Sisidlang alabastro: Sisidlan para sa pabangong pamahid na kadalasang gawa sa alabastrong batong kulay-gatas. Ito rin ang ginagamit sa paggawa ng lagayan ng bulaklak, na may mahabang leeg na siyang binabasag kung gagamitin ang laman nito (*Mat 26:7; Mar 14:3; Luc 7:37*).

T

Templo: Ang lugar sa Jerusalem kung saan sumasamba at naghahandog ng hain ang mga Judio. Ang unang Templo ay ang Templo ni Solomon na itinayo noong 950 B.C. at sinira ng mga

taga-Babilonia noong 586 B.C. Ang ikalawang templo ay ang kay Zerubabel, na itinayo pagkatapos ng pagkatapon ng mga Judio sa ibang bansa noong 516 B.C. Ang gusaling ito ay pinalaki ni Herodes na Dakila, na sinimulan sa panahon ng 20 B.C. Sinira ito ng mga taga-Roma noong A.D. 70 at ang naiwan lamang ay isang malaking pader na tinatawag na "Pader Panaghuyan" ng mga Judio. Sa ngayon, ang lugar na iyon ay nasasakop ng banal na lugar ng Islam na tinatawag na "Dome of the Rock."

Tetrarka: Ang kahulugan nito ay "pinuno sa ikaapat na bahagi" ng isang kaharian. Sa Bagong Tipan, ang titulong ito ay para sa isang pinuno sa ilalim ng emperador ng Roma (*Mat 14:1; Luc 3:1, 19; 9:7; Gaw 13:1*).

Tinapay na Handog: Ang literal na salin mula sa Hebreo ay "tinapay sa harapan," sapagkat ito ang tinapay na inilagay sa harapan ng Panginoon bilang handog sa loob ng tabernakulo o ng templo (*Exo 25:30; 1Sa 21:6; Mar 2:26; Heb 9:2*).

Tipan: Ang kasunduan ng dalawang panig (*Gen 6:18; 15:18; Exo 2:24; 24:7; 1Sa 18:3; Luc 1:72; 22:20; Heb 7:22*). Ito ay nagmula sa salitang hatiin sapagkat may mga pagkakataon nang unang panahon na ang dalawang panig na gumagawa ng tipan ay pumapatay ng hayop at hinahati ito at pagkatapos sila ay lumalakad sa pagitan ng dalawang bahagi upang pagtibayin ang kanilang kasunduan (*Gen 15:1-20*).

Tunika: Isang mahabang panloob na kasuotan kagaya ng kamiseta ngunit ito ay umaabot hanggang sa tuhod (*Gen 37:3; Jua 19:23*). Kung minsan ito ay pinapatungan ng isa pang tunika na isinusuot ng lalaki at ng babae.

PANGPAKSANG TALATUNTUNAN

Panimula

Ang layunin ng talatuntunang ito ay upang matagpuan kaagad ng mambabasa ng Bibliya ang mga pangunahing talata patungkol sa mahahalagang paksa sa Bagong Tipan. Ang talatuntunang ito ay naglalaman ng mahahalagang talata patungkol sa mga pangunahing paksa ng Bibliya. Ang mga talatang tinutukoy ay mahalaga sa pag-unawa patungkol sa mga paksa, sa mga tao at sa mga lugar, ngunit ang mga pangunahing salita ay hindi palaging nakapaloob dito. May mga paksa sa Bagong Tipan na hindi nakatala sa Pangpaksang Talatuntunang ito. Hindi nakasulat ang lahat ng mga talata ng mga paksang nakatala rito kaya ang mga mambabasa ay maaring gumamit ng mga talatang magkakugnay na nasa Bagong Tipan.

A	
AARON	Heb 5:4
ABADON	Pah 9:11
ABBA	Mar 14:36; Rom 8:15; Gal 4:6
ABEL	Mat 23:35; Luc 11:51; Heb 11:4; 12:24; 1Ju 3:12
ABRAHAM	Luc 16:29; Jua 8:56; Gaw 7:2-4; Rom 4:9-22; Gal 3:6-9; 4:22; Heb 7:1-10; 11:8-10, 17-19; San 2:21
ADAN	Rom 5:12-19; 1Co 15:45; 1Ti 2:13-14
AHAS	Mat 7:10; 10:16; Mar 16:18; Luc 10:19; Gaw 28:3-6; 1Co 10:9; 2Co 11:3; Pah 9:19
ALAGAD	Mat 9:14; 10:1; 20:17; Luc 10:1; Gaw 9:26; 11:26; 21:4
ALAK	Mat 9:17; 26:27-29; 27:48; Mar 2:22; 14:23; 15:23; Luc 1:15; 5:37-39; Jua 2:9, 10; Gaw 2:13; Rom 14:21; Efe 5:18; 1Ti 5:23; Tit 2:3; Pah 18:13
ALAMAT	1Ti 1:4; 4:7; 2Ti 4:4; Tit 1:14; 2Pe 1:16
ALIPIN	Mat 8:9; 10:24; 18:23; 20:27,28; 21:34; 24:45; 25:14; Luc 1:38,48; 2:29; 12:37,43; 16:13; 17:7; Gaw 2:18; 4:29; 16:17; Rom 6:16-20; 1Co 7:21,22; 12:13; 2Co 4:5; Gal 1:10; 3:28; 4:1,7; Efe 6:5-8; Flp 1:1; 2:7; Col 3:11,22; 4:1,12; 1Ti 6:1; 2Ti 2:24; Tit 2:9; Flm 1:16; San 1:1; 1Pe 2:16,18; 2Pe 1:1; 2:19; Jud 1:1; Pah 1:1; Pah 2:20; 7:3; 10:7; 11:18; 13:16; 15:3; 19:2; 22:3
ALITAN	Mar 9:34; Luc 12:58,59; Jua 10:19; Gaw 15:2; 15:38,39; 23:7-10; Rom 2:8; 12:18; 13:13; 14:1,19,21; 16:17,18; 1Co 1:10-13; 3:1,3,4; 4:6,7; 6:1-7; 11:16-19; 2Co 12:20; Gal 5:15,20; Flp 1:15,16; 2:3,14,15; 1Ti 1:5-7; 2:8; 3:2,3; 6:3-5,20,21; 2Ti 2:14,23-25; Tit 3:1-3,9; San 3:14-16; 4:1,2
AMA	Mat 7:8-11; Efe 6:4; 1Te 2:11; Heb 12:7
AMO	Mat 10:10; 20:10-15; Luc 10:7; Rom 4:4; Efe 6:9; Col 4:1; 1Ti 5:18; Flm 1:15,16; San 5:4,5
ANDRES	Mat 4:18-20; Jua 1:35-44; 6:8,9

ANGHEL	Mat 1:20,21; 4:11; 28:2,3; Mar 13:27; Luc 1:11-20; 12:9; 20:3,35,36; Jua 5:4; 12:29; Gal 3:19; Col 2:18; 1Te 1:7; Heb 1:4,6,7,13,14; 1Pe 1:12; 2Pe 2:11; Jud 1:9; Pah 1:1; 5:2; 10:1-3; 14:18; 18:1
ANGKAN	Mat 1:1-17; Luc 3:23-38; 1Ti 1:4; Tit 3:9
ANI	Mat 9:37; 13:39; Mar 4:28,29; Luc 10:2; 2Ti 2:6; Pah 14:15
ANTICRISTO	Mat 24:23-26; 1Te 2:3-13; 1Ju 2:18,22; Pah 13:1,3,15,17,18; 14:9; 16:2; 17:8
ANTIOQUIA, PISIDIA	Gaw 13:14-52
ANTIOQUIA, SIRIA	Gaw 11:19-30; 13:1; 14:26-28
APOLLOS	Gaw 18:24-19:1; 1Co 3:4-7; 16:12
APOSTASIYA	Mat 24:9,10,12; Luc 8:13; 2Ti 4:10; Heb 10:25-312Pe 2:17,20-22; 1Jo 2:19
APOSTOL, BULAAN	2Co 11:1-15; Pah 2:2
APOSTOL, TOTOO	Luc 6:13-16; Jua 20:21; Gaw 1:21,22,26; 5:12-42; Rom 11:13; 1Co 9:1-6; 15:9,10; 2Co 12:11,12; Gal 1:15-20; Efe 2:20; Pah 21:14
APOY	Mat 3:11; 13:42,50; 25:41; Mar 9:44; Luc 3:16; 12:49; Pah 9:2; 20:9; 21:8
AQUILA	Gaw 18:1-3,18,19,26; Rom 16:3-5; 1Co 16:19; 2Ti 4:19
ARKANGHEL	1Te 4:16; Jud 1:9
ARKANGHEL, MIGUEL	Jud 1:9; Pah 12:7
ARMAGEDON	Pah 16:16
ASAWANG BABAE	1Co 7:2-6,10-14,16,27-29,32-34,38-40; 11:3,7-9,11,12; 14:34,35; Efe 5:22-25,28,31,33; Col 3:18,19; 1Ti 2:11-15; 3:11; 5:9,10,14; Tit 2:3-5; 1Pe 3:1-7
ASAWANG LALAKI	Mat 1:19; 19:5; Mar 10:7; 1Co 7:3,4,14,16,33; 11:3; Efe 5:22-33; Col 3:18,19; 1Ti 5:8; 1Pe 3:7
AWIT	Mat 26:30; Mar 14:26; Efe 5:19; Col 3:16; Pah 5:9,10; 14:2,3; 15:3,4
	B
BABAING BALO	Mat 23:14; Mar 12:40-44; Luc 2:36,37; 7:11-15; 20:47; Rom 7:3; 1Co 7:8,9,39; 1Ti 5:3-6,9-12,16
BABAING IKAKASAL, KAY CRISTO	Pah 19:7-9; 21:2,9; 22:17
BABILONIA	Pah 14:8; 16:19; 17:1-18; 18:1-24
BALUTI	2Co 6:7; 10:3-5; Efe 6:11-17; 1Te 5:8
BANAL NA ESPIRITU	Mat 1:18,20; 3:11,16,17; 4:1; 10:20; 12:28; 28:19; Mar 12:36; Luc 1:15,35,67; 2:25-27; 4:18; 11:13; 24:49; Jua 1: 32,33; 3:5,6,34; 4:14; 6:63; 7:38,39; 14:16,17,26; 15:26; 16:7-14; 20:22; Gaw 1:2,5,8,16;

	2:2-4,33,38; 4:8,31; 5:3,9,32; 6:5; 7:51; 8:15-19,39; 9:31; 10:19,20,44-47; 11:15,16,24; 13:2,4,9,52; 15:8,28; 16:6,7; 19:2-6; 20:28; Rom 1:4; 5:3-5; 8:1-27; 14:17; 15:13,16,19,30; 1Co 2:4,10-14; 3:16; 6:11,19; 12:3-11; 2Co 1:22; 3:3-18; 5:5; 6:4,6; 13:14; Gal 3:2,3,14; 4:6; 5:5,16-25; 6:8; Efe 1:12-14; 2:18,22; 3:5,16; 4:3,4,30; 5:9,18; 6:17,18; Flp 1:19; 2:1; Col 1:8; 1Te 1:5,6; 4:8; 5:19; 1Te 2:13; 1Ti 4:1; 2Ti 1:14; Tit 3:5,6; Heb 2:4; 3:7; 6:4; 9:14; 10:15,29; 1Pe 1:2,11,12,22; 3:18; 4:14; 2Pe 1:21; 1Ju 2:20; 3:24; 4:2,13; 5:6-8; Jud 1:19,20; Pah 1:4; 2:7,11,29; 4:5; 5:6; 11:11; 14:13; 22:17
BANAL NA ESPIRITU, PAGLAPASTANGAN SA	Mat 12:30-32; Mar 3:28-30
BANAL, TAO	Mat 27:52; Gaw 9:133241; 26:10; Rom 1:7; 8:27; 12:13; 1Cr 1:2; 6:1,2; 14:33; 2Cr 1:1; Efe 1:1518; 2:19; 3:8,18; 4:12; 5:3; 6:18; Flp 1:1; Col 1:241226; 1Te 3:13; 1Te 1:10; 1Ti 5:10; Flm 1:5; Heb 6:10; 13:24; Jud 1:3; Pah 5:8; 8:3,4; 11:18; 13:710; 14:12; 16:6; 19:8; 20:9
BANGKA	Mar 6:47,48; Jua 21:3-8
BARABAS	Mat 27:16-26; Jua 18:40; Gaw 3:14
BARKO	Gaw 20:13; 21:3; 27:1-44; 28:11
BARNABAS	Gaw 4:36,37; 9:25-27; 11:22-24,30; 13:1,2; 14:12,14; 15:36-39; 1Co 9:6; Gal 2:1,9
BARTIMEO	Mat 20:29-34; Mar 10:46-52; Luc 18:35-43
BARTOLOME	Mat 10:3; Mar 3:18; Luc 6:14; Gaw 1:13
BATA	Mat 19:14; Mar 9:42; 10:14,15; Luc 17:2; Rom 8:16,17; 1Co 7:14; 2Co 12:14; Gal 4:27; Efe 4:14; 6:1,4; Col 3:20,21; 1Te 2:7,11; 1Ti 2:15; 3:4,12; 5:4,10,14; Tit 1:6; 2:4; Heb 12:8; 1Pe 2:2; 3:6; 1Ju 3:1,2; 2Ju 1:4; 3Ju 1:4; Pah 12:17
BATAS	Mat 28:19; Rom 13:2; 1Co 11:23-29
BATO, MALAKI	Mat 7:24,25; 16:18; 1Co 10:4
BATONG-PANULOK	Luc 20:17; Gaw 4:11; 1Pe 2:6-8
BAWTISMO, NG BANAL NA ESPIRITU	Mat 3:11,16; Gaw 1:8; 2:1-4; 19:6; 1Co 12:13; Tit 3:5,6
BAWTISMO, NG CRISTIANO	Mat 28:19,20; Gaw 2:38,41; 8:12,36-38; 16:15,33; Rom 6:1-4; 1Co 1:14-17; 1Pe 3:21
BAWTISMO, NI JUAN	Mat 3:1-17; Jua 1:29-34; Gaw 19:1-7
BETANIA	Mat 26:6-13; Luc 10:38-42; 24:50,51; Jua 11:18
BETHLEHEM	Mat 2:1,5,6,8,16-18
BETSAIDA	Mat 11:21; Mar 6:45; 8:22; Jua 1:44; 12:22

BILANGGUAN	Mat 11:2; 14:3-12; 25:35-46; Mar 6:17; Luc 3:20; 23:19; Gaw 4:3; 5:17-42; 12:4,5; 16:19-40; 25:14; 2Co 6:5; 11:23,24; 2Ti 4:16; Heb 10:34
BINGI	Mar 7:37; 9:17,25,26
BIRHEN	Mat 1:23; 25:1-13; Luc 1:26-37; 1Co 7:25-38; 2Co 11:2; Pah 14:4
BITAG	Luc 21:34,35; 1Ti 6:9,10; 2Ti 2:26
BUDHI	Rom 2:14,15; 1Co 8:7-13; 1Ti 1:19; 4:2; Heb 9:14
BUHAY ESPIRITUWAL	Jua 3:3-8; 5:24; 11:25,26; 14:6; Gaw 26:18; Rom 6:8; 8:9-17; 12:1,2; 2Co 5:17; Gal 2:20; 5:25; Flp 4:3; Col 3:3,4; 1Pe 2:2; 1Ju 1:1,2; 2:17; 3:9,14; Pah 17:8
BUHAY NA WALANG HANGGAN	Mat 19:29; Luc 18:30; Jua 3:15-16,36; 4:14,36; 5:24; 6:50-58,68; 10:28,29; 12:25,50; 17:3; 20:31; Rom 5:21; 6:22,23; Gal 6:8; 1Ti 6:12,19; 2Ti 1:1,10; Tit 1:2; 3:7; 1Ju 1:2; 5:11,12
BUHAY PISIKAL	Mat 10:39; Luc 8:14; 16:13; 17:26-30; 21:34; Gaw 15:26; 17:28,29; 20:24; 27:10-31,34; 2Co 4:10-12; 2Ti 2:4; Flp 1:21,22; San 4:13-15; 1Pe 1:24; 4:1-4
BUHOK	Mat 10:30; Luc 7:38; 1Co 11:3-10,14,15; 1Ti 2:9; 1Pe 3:3; Pah 9:8
BULUNG-BULUNGAN	Luc 10:40; Rom 9:19,20; 1Co 10:10; Flp 2:14; San 5:9; Jud 1:16
BUNGA	Mat 3:8; 7:15-20; Mar 4:20; Jua 15:1-8,16; 2Co 8:10; Gal 5:22,23; Efe 5:9; Heb 12:11
BUWIS	Mat 17:24-27; Luc 2:1; Rom 13:6,7
	C
CAIFAS	Luc 3:2; Jua 11:49-51; 18:13,1424,28; Gaw 4:1-22
CAIN	Heb 11:4; 1Ju 3:12; Jud 1:11
CANA	Jua 2:1-11; 4:46,47; 21:2
CAPERNAUM	Mat 4:13-17; 8:5-17; 9:1-8; 11:23,24; Mar 1:21-28; Jua 4:46-54
CESAR	Luc 2:1; 3:1; 20:22; Gaw 11:28; Flp 4:22
CESAREA	Gaw 8:40; 9:30; 10:1,24; 12:19-23; 23:23-35; 21:8,9
CESAREA, FILIPOS	Mat 16:13; Mar 8:27
CLAUDIO	Gaw 11:28; 18:2
CORINTO	Gaw 18:1-18; 19:1; 1Co 1:2
CRISTO, KATAWAN NI	Rom 12:5; 1Co 10:17; 12:12,13,27; Efe 4:4
CRISTO, MANLILIKHA	Mar 10:6; 13:19; Jua 1:1-3; Gaw 4:24; 7:50; 14:15; 17:24-26,28,29; Rom 1:20; 11:36; 1Co 8:6; 11:12; 12:18,24,25; 15:38; 2Co 4:6; 5:5,18; Efe 3:9; Col 1:16-17; 1Ti 6:13; Heb 1:1,2; 2:10; 3:4; 11:3; 12:9; 1Pe 4:19; Pah 4:11; 10:6; 14:7

CRISTO, PAGHALILI NI	Jua 1:29; 11:50; Rom 3:23-26; 4:6,7; 6:10; 8:3; 2Co 5:21; Heb 5:3; 9:7-22; 1Pe 3:18
CRISTO, PAGPAKO SA KRUS	Mat 17:22,23; 21:33-39; 26:2,28; 27:46; Mar 8:31; 10:45; 15:13,15,24,28; Luc 9:31; 18:32; 23:32,33; Jua 3:14-17; 10:17,18,22; 11:49-52; 12:31-34; 15:13; 19:15,16,30,34,36; Gaw 5:30,31; Rom 4:25; 5:6-11; 6:3-5; 8:3,32,34,39; 14:9,15; 1Co 1:17-24; 2:2; 5:7; 6:20; 8:11; 15:3,4; 2Co 4:10,11; 8:9; Gal 1:4; 2:20; 3:13; 4:4,5; Efe 1:6,7; 2:13-16; 5:2,25-27; Col 1:14,20-22; 2:14,15; 1Te 1:10; 4:14; 5:9,10; 1Ti 2:6; Tit 2:14; Heb 1:3; 2:9-18; 7:27; 10:10-20; 12:2; 13:11,12; 1Pe 1:18-21; 2:21,24; 4:1; 1Ju 1:7; 2:2; 3:16; Pah 5:12; 13:8
CRISTO, PAGPAKO SA KRUS KAY	Mat 17:22,23; 21:33-39; 26:2,28; 27:46; Mar 8:31; 10:45; 15:13,15,24,28; Luc 9:31; 18:32; 23:32,33; Jua 3:14-17; 10:17,18,22; 11:49-52; 12:31-34; 15:13; 19:15,16,30,34,36; Gaw 5:30,31; Rom 4:25; 5:6-11; 6:3-5; 8:3,32,34,39; 14:9,15; 1Co 1:17-24; 2:2; 5:7; 6:20; 8:11; 15:3,4; 2Co 4:10,11; 8:9; Gal 1:4; 2:20; 3:13; 4:4,5; Efe 1:6,7; 2:13-16; 5:2,25-27; Col 1:14,20-22; 2:14,15; 1Te 1:10; 4:14; 5:9,10; 1Ti 2:6; Tit 2:14; Heb 1:3; 2:9-18; 7:27; 10:10-20; 12:2; 13:11,12; 1Pe 1:18-21; 2:21,24; 4:1; 1Ju 1:7; 2:2; 3:16; Pah 5:12; 13:8
CYPRUS	Gaw 11:19,20; 13:4-12; 21:3; 27:4
	D
DALUBHASA SA KAUTUSAN	Mat 22:34-40; Luc 10:25-37; 11:45-52; Tit 3:13
DAMASCO	Gaw 9:1-22; 2Co 11:32,33; Gal 1:17
DAMDAMIN	Mat 22:37,39; Mar 14:11; Luc 1:14; 6:23; 7:36-50; 12:32; 15:20; 16:27-31; 18:23; 19:6; 23:8; Jua 8:56; 11:33-36; Gaw 2:26,28,37,46; 7:54,57; 14:17; 2Co 2:2; 6:12; 7:15; Rom 1:31; Flp 1:8; 2:1; 4:6,7; Col 2:1,2; 1Te 2:8; 2Ti 3:3; 2Ju 1:4; 3Ju 1:4; Pah 19:7
DANGAL	Luc 6:26; Gaw 6:3; 16:2; 2Co 8:18-24; Gal 2:6; 1Ju 4:5,6; 3Ju 1:12
DAVID	Mat 1:1; 12:3,4; 22:42-46; Luc 3:31; Gaw 2:25-38; 13:22,23
DEMONYO	Mat 8:28,29; 10:1; Mar 1:23,24; 5:8,9; Luc8:29; 10:17,18; Gaw 19:13-16; 1Co 10:20; 1Ti 4:1; San 2:19; Jud 1:6; Pah 12:4,7-9
DERBE	Gaw 14:6,20; 16:1
DIGMAAN, PAKIKIPAGLABAN	Mat 24:6; Luc 14:31,32; Rom 13:12; 16:20; 1Co 9:25-27; 16:13; 2Co 2:14; 6:7; 7:5,6; 10:3-5; Efe 6:10-18; Flp 1:30; 1Ti 1:18,19; 6:12; 2Ti 2:3,4; 4:17,18; Heb 11:33-37; San 4:1-4; 1Pe 4:1-4; 1Ju 2:14;

	4:4; 5:4,5; Jud 1:3; Pah 2:7,11,17,26,28; 3:5,12,21; 6:4,8; 9:15-19; 12:7,11,17; 13:7,10; 17:14; 19:17-19; 21:7
DIOTREFES	3Ju 1:9
DISIPLINA NG IGLESIYA	Mat 18:15-18; 1Co 5:3-5,13; 2Co 2:6-8; Gal 6:1; 1Te 3:6-15; Tit 1:13
DIYAKONO	Gaw 6:1-6; Flp 1:1; 1Ti 3:8-13
DIYOS	Mat 4:10; Mar 12:29; Jua 4:23,24; Rom 3:19-25; 1Co 11:3; 14:33; 1Ti 1:17; 6:1; Heb 6:10; 12:29; San 1:17; 2:19; 1Ju 1:5; 4:8,16; Pah 4:8; 16:9
DIYOS, KALUWALHATIAN	Luc 2:8-11; Jua 1:14; Gaw 7:55; Rom 1:23; 3:23; 1Co 11:7; Gal 1:5; Flp 1:11; Jud 1:24
DIYOS, AMA	Mat 5:45,48; 6:9; 11:27; Mar 14:36; Luc 23:34,46; Jua 1:12-14,18; 5:17-23; 6:46; 8:19; 10:30; 14:6-31; Rom 8:15; 1Co 15:24; 2Co 1:2; Efe 1:2,3; 4:6; Flp 2:11; Heb 12:9; San 1:17; 1Pe 1:2,3; 1Ju 2:22-24; Pah 3:5,21
DIYOS, BIYAYA	Jua 1:16; Gaw 4:33; 11:23; Rom 5:2,15,20; 1Co 1:4-9; 3:10; 2Co 4:15; 9:8; Gal 4:6; Efe 1:6; 2:8,9,13-22; 3:12; Heb 2:9; 4:16; 10:19,22; 1Pe 2:3; 5:5; 2Ju 1:3; Pah 1:5,6; 3:20; 19:9
DIYOS, DAKILANG KAPANGYARIHAN	Mat 6:10,13; 11:25; 20:15; Luc 1:53; 10:21; Jua 10:29; 19:11; Gaw 1:7; 17:24-26; Rom 9:19,21; 14:11; 1Co 10:26; Efe 4:6; 1Ti 6:15,16; Heb 1:3; San 4:12; Pah 1:6; 4:11; 11:4,13,17; 19:6
DIYOS, GALIT	Mat 22:7; Jua 3:36; Rom 1:18; 2:5-8; Efe 5:6; 1Te 5:9
DIYOS, HINDI MASUSURI	Rom 11:33,34; 1Co 2:10-12,16
DIYOS, HINDI NAGBABAGO	Rom 11:29; Heb 6:17,18; San 1:17
DIYOS, HINDI NAGTATANGI	Gaw 10:34,35; Rom 2:6,11; Gal 2:6; Efe 6:8; Col 3:25; 1Pe 1:17
DIYOS, HINDI NAKIKITA	Jua 1:18; 5:37; 6:46; Rom 1:20; Col 1:13-15; 1Ti 1:17; 6:16; Heb 11:27; 1Ju 4:12
DIYOS, KAALAMAN	Mat 6:4,8,18,32; 10:29,30; 24:36; Mar 13:32; Luc 16:15; Gaw 1:24; 2:23; 15:8,18; Rom 8:27,29; 11:33,34; 16:27; 1Co 1:25; 2:7; 3:20; 8:3; Gal 4:9; Efe 1:8; 3:10; 1Te 2:4; 1Ti 1:17; 2Ti 2:19; Heb 4:13; 1Pe 1:2; 1Ju 1:5; 3:20; Jud 1:25
DIYOS, KABANALAN	Mat 5:48; 19:17; Mar 10:18; Luc 1:49; 18:19; Jua 17:11; Rom 1:23; Heb 1:8; San 1:13; 1Pe 1:15,16; 1Ju 1:5; 2:20; Pah 4:8; 6:10; 15:4
DIYOS, KABUTIHAN	Mat 5:44,45; 7:11; 19:17; Mar 10:18; Luc 1:53; 6:35; 18:19; Rom 2:4; 8:32; 11:22; 1Te 1:11; Tit 3:4; San 1:5,17; 1Ju 4:8

DIYOS, KADAKILAAN	Jua 5:26; Gaw 17:24,25; Rom 11:36; Efe 2:4; Col 1:27; Tit 2:13; 1Pe 1:3; Pah 11:17; 15:3
DIYOS, KAHABAGAN	Mat 6:14; 18:11-14,23-27; Luc 1:50,77,78; 6:36; 15:4-7; Gaw 3:19; 17:30; 26:18; Rom 9:15,18,23; 10:12,13; 11:32; 15:9; 1Co 15:10; 2Co 1:3; 4:15; 12:9; Efe 1:6-8; 2:4-7; 1Ti 1:13; Tit 3:5; Heb 4:16; 8:12; San 2:13; 4:8; 5:11,15; 1Pe 1:3; 2:10; 5:10; 2Pe 3:9,15; 1Ju 1:9; Pah 2:21
DIYOS, KAHINAHUNAN	Mat 19:8; 21:33-41; 23:37; Mar 12:1-9; Luc 13:6-9,34; 20:9-16; Gaw 14:16; 17:30; Rom 2:4; 3:25; 9:22,23; 15:5; 1Pe 3:20; 2Pe 3:8-10,15; Pah 2:21,22
DIYOS, KALOOBAN	Mat 6:10; 12:50; 26:39,42; Mar 3:35; 14:36; Luc 11:2; 22:42; Jua 4:34; 5:30; 6:38-40; Gaw 18:21; Rom 1:10; 12:2; 15:32; 1Co 4:19; 16:7; Efe 1:11; Heb 6:3; San 4:15; 1Pe 3:17
DIYOS, KAPANGYARIHAN	Mat 3:9; 6:13; 10:28; 19:26; 22:29; Mar 10:27; 14:36; Luc 1:37,49,51; 11:20; 18:27; Gaw 26:8; Rom 1:20; 4:21; 1Co 6:14; 2Co 13:4; Efe 1:19,20; 3:20,21; Heb 1:3; 12:26,29; San 4:12; 1Pe 1:5; Pah 4:11; 5:13; 11:17; 19:1,6; 21:22
DIYOS, KAPAYAPAAN SA	Luc 1:79; 2:14; Jua 7:38; 14:27; 16:33; 20:19; Gaw 10:36; Rom 2:10; 5:1; 8:6; 10:15; 14:17; 15:13,33; 1Co 1:3; 2Co 1:2; Gal 1:3; 5:22; Efe 2:14-17; Flp 4:7,9; Col 1:20; 3:15; 1Te 1:1; 1Te 3:16; 1Ti 1:2; 2Ti 1:2; Tit 1:4; Flm 1:3; Pah 1:4
DIYOS, KARUNUNGAN	Rom 11:33; 16:27; 1Co 1:24,25; 2:7; Efe 1:8; 3:10; 1Ti 1:17; Pah 7:12
DIYOS, KASAKDALAN	Mat 5:48; Rom 9:20; 12:2; San 1:17
DIYOS, KATAPATAN	Mat 24:34,35; Luc 1:54,55,68-73; Jua 8:26; Gaw 13:32,33; Rom 3:3,4; 11:1,2,29; 15:8; 1Co 1:9; 10:13; 2Co 1:18,20; 1Te 5:24; 2Ti 2:13; Tit 1:2; Heb 6:10,13-19; 10:22,23,37; 1Pe 4:19; 2Pe 3:9; 1Ju 1:9; Pah 6:10; 15:3
DIYOS, KATARUNGAN	Gaw 10:34; 17:31; Rom 1:32; 2:2,5-16; 3:4-6,26; 9:14; 11:22; Efe 6:8,9; Col 3:25; 1Te 1:4-6; Heb 6:10; 10:30,31; 12:22,23,29; 1Pe 1:17; 2Pe 2:9; 1Ju 1:9; Jud 1:6; Pah 6:16,17; 11:18; 15:3; 16:5-7; 18:8; 19:2
DIYOS, KATOTOHANAN	Jua 8:26; 17:17,19; Rom 3:4,7; 1Te 1:9;Tit 1:2; 1Ju 5:20; Pah 6:10; 15:3
DIYOS, KATUWIRAN	Mat 6:33; Jua 17:25; Gaw 17:31; Rom 1:17; 3:4-6,21,22; 9:14; 10:3,4; 2Ti 4:8; 1Pe 2:23; 2Pe 1:1; 1Ju 2:1; Pah 16:5
DIYOS, MANLILIKHA	Mar 10:6; 13:19; Jua 1:1-3; Gaw 4:24; 7:50; 14:15; 17:24-26,28,29; Rom 1:20; 11:36; 1Co 8:6; 11:12; 12:18,24,25; 15:38; 2Co 4:6; 5:5,18; Efe 3:9; Col 1:16-17; 1Ti 6:13; Heb 1:1,2; 2:10; 3:4; 11:3; 12:9; 1Pe 4:19; Pah 4:11; 10:6; 14:7

DIYOS, PAGHATOL NG	Mat 3:12; 7:22,23; 8:29; 10:14,15; 11:22; 12:36-42; 13:30,40-43,49,50; 16:27; 21:33-41; 22:11-13; 23:14; 25:1-46; Mar 4:22; 6:11; 8:38; 13:32; 14:21; Luc 11:31,32,49-51; 12:47,48; 13:6-9,24-29; 19:12-27; 20:45-47; Jua 3:19,20; 5:45; Gaw 10:42; 17:31; Rom 2:5-10,12-16; 8:1; 14:10-12; 1Co 3:8-15; 2Co 5:10; Gal 6:5-10; Efe 6:7,8; 1Te 1:7,8; 2Ti 4:1,8; Heb 2:2,3; 9:27; 10:26-30; San 2:12,13; 1Pe 1:17; 4:5,6,17; 2Pe 2:4,9; 3:7-12; 1Ju 4:17; Jud 1:6,14,15,24; Pah 2:27; 11:18; 20:11-15; 22:12
DIYOS, PAG-IBIG	Jua 3:16; 5:20; 14:21,23; 16:27; 17:10,23,26; Rom 5:8; 9:13-16,25; 11:28; 2Co 9:7; 13:11; Efe 2:4,5; 1Te 2:16; Tit 3:4,5; Heb 12:6; 1Pe 5:7; 1Ju 3:1; 4:8-16,19; Jud 1:21
DIYOS, PAGIGING-IISA	Mar 12:29,32; Jua 17:3; 1Co 8:4,6; Gal 3:20; 1Ti 2:5; San 2:19
DIYOS, PAGLAPASTANGAN SA	Mat 26:65; Luc 22:65; Gaw 6:11,13; Rom 1:28-32; 1Ti 1:13,20; Pah 16:21
DIYOS, PAGLAPIT	Mat 6:6; Jua 10:7,9; 14:6; Rom 5:2; Efe 2:13,18; 3:12; Col 1:21,22; Heb 4:16; 7:19,25; 10:19,22; 11:6; San 4:8; 1Pe 3:18
DIYOS, PAGLUWALHATI SA	Mat 5:16; 15:31; Jua 12:28; 15:8; 21:19; Gaw 4:21; 11:18; 12:23; 19:17; Rom 1:21; 3:23; 4:20; 11:36; 15:6,9; 1Co 1:31; 6:20; 10:31; 2Co 9:13; Gal 1:24; Flp 1:11; 1Te 1:12; 1Pe 2:12; 4:11,14,16; Pah 14:7
DIYOS, PAGPAPASALAMAT SA	Mat 11:25; 26:27; Luc 2:28,38; 17:15,16; Jua 6:11; 11:41; Gaw 27:35; Rom 1:8,21; 2:4; 6:17; 7:23-25; 14:6,7; 15:27; 1Co 1:4; 10:30; 14:16; 15:57; 2Co 1:11; 2:14; 9:11,15; Efe 1:16; 5:4,19,20; Flp 1:3-5; 4:6; Col 1:3-6,12; 2:7; 3:15-17; 4:2; 1Te 1:2; 2:13; 5:18; 1Te 1:3; 1Ti 1:12; 2:1; 4:3-5; 2Ti 1:3; Flm 1:4; Heb 13:15; San 1:9; Pah 4:9; 7:11,12; 11:16,17
DIYOS, PAGPUPURI SA	Luc 1:46-55,67-75; 2:13,14,20; 17:15,16; 19:37,38; 24:52,53; Gaw 2:46,47; 4:24; 16:25; Rom 11:36; 16:27; 1Co 15:57; Efe 1:3; 3:20,21; 5:19; Flp 4:20; 1Ti 1:17; Heb 2:12; 13:15; San 5:13; 1Pe 1:3; 2:9; 4:11; 5:11; 2Pe 3:18; Jud 1:25; Pah 1:6; 4:8-11; 5:9-14; 7:9-12; 11:16,17; 14:7; 15:3,4; 19:1-7
DIYOS, PAGSAMBA SA	Mat 4:10; Jua 4:24; Rom 12:1; Heb 12:28; Pah 14:7
DIYOS, PAKIKIPAG-UGNAY SA	Jua 14:23; 17:21,23; 2Co 6:16; 13:14; 1Ju 1:3,5-7; 3:24; Pah 21:3,4
DIYOS, PAMAMATNUBAY	Mat 5:45; 6:26,30-33; 10:29-31; Luc 12:6,7,24-28; 22:35; Jua 6:31; Gaw 5:38,39; 7:9,10; 14:17; Rom 8:28; 2Co 9:8-10; Pah 17:17
DIYOS, PANGANGALAGA	Mat 4:6; 10:29-31; 24:22,31; Mar 13:20; Luc 12:6,7; 18:7,8; 21:18; Gaw 17:28; Rom 8:28; 1Co 10:13; 1Te 3:3; Heb 1:14; San 4:15; 1Pe 3:12,13; 2Pe 2:9; Pah 3:10; 7:3; 12:6

DIYOS, PATNUBAY NG	Luc 1:79; Jua 10:3,4; 16:13
DIYOS, PAUNANG-KAALAMAN	Gaw 2:23; Rom 8:29; 11:2; 1Co 8:3; Efe 1:3-12; 2Ti 1:9; 1Pe 1:2,20
DIYOS, POOT NA DARATING	Mat 3:7; Jua 3:36; Rom 1:18-32; 2:5,9; 5:9; Efe 5:6; 1Te 1:10; 5:9; Pah 6:16-17; 14:10; 19:10
DIYOS, PRESENSIYA NG	Gaw 7:48,49; 17:24,27,28
DIYOS, SALITA	Mat 4:4; 5:17; 7:24,25; 13:18-23; Mar 7:13; Luc 4:16-27; 5:1; 24:27,45; Jua 5:39; 6:63; 8:32; 10:35; 12:48; 20:31; Gaw 4:29,31; 8:25; 11:1; 13:48; 15:15; 17:11; 18:11; 20:32; Rom 1:2; 2:16; 9:6; 10:17; 15:4; 1Co 2:13; Efe 5:26; 6:17; Flp 2:16; Col 1:25-27; 1Ti 4:13; 2Ti 2:15; 3:15-17; 4:2; Tit 2:5; Heb 4:12; 11:3; San 1:18,21-23; 1Pe 1:23; 2:2; 3:1; 4:11; 2Pe 1:20,21; 3:5-7; Pah 1:9; 21:5; 22:18,19
DIYOS, TAGAPAGLINGKOD NG	Jua 21:15-17; Gaw 1:8; 6:1-6; 11:30; 14:23; 15:2,4,6,22,23; 16:4,9,10; 20:17,28; 1Co 1:17,23-30; 2:2; 3:5-15; 4:10-13; 9:16-27; 2Co 1:4-6; 2:15-17; 3:6-11; 4:1-15; 5:18-20; 6:1; 8:23; 9:6-18; 10:12-16; 11:3-15,23-33; Efe 3:7-11; 4:11,12; Flp 1:1,15,16; Col 1:9,24-29; 1Te 5:12,13; 1Ti 3:1-15; 4:13,15; 5:17,19; 2Ti 2:25; 4:2-5; Tit 1:5-9,13,14; 2:15; Heb 5:1-3; 13:17; San 5:15; 1Pe 4:10,11; 5:1-3; 2Ju 1:1; 3Ju 1:1
DIYOS, TATLONG PERSONA	Mat 1:18,20; 3:11,16,17; 11:27; 12:18,28; 28:19; Mar 1:8; Luc 1:32,35; 3:16,22; 4:1,14,18; Jua 1:32,33; 3:16,34,35; 5:26; 7:39; 10:30; 14:9-11,16,17,26; 15:26; 16:7,13-15; 20:22; Gaw 1:2,4,5; 2:33; 10:36-38; Rom 1:3,4; 8:9-11,26,27; 1Co 2:10,11; 6:19; 8:6; 12:3-6; 2Co 1:21,22; 3:17; 5:5; 13:14; Gal 4:4,6; Efe 2:18; 4:4-6; 5:18-20; 1:21,22; 3:17; 5:5; 1Te 2:13,14,16; 1Ti3:16; Tit 3:4-6; Heb 9:14; 1Pe 1:2,3; 3:18; 1Ju 5:6,7; Jud 20,21; Pah 1:4,5; 4:8
DIYOS, WALANG HANGGAN	Mat 25:34; Jua 10:28-30; 17:3,24; Rom 1:20,23; 2:7; 16:26; Efe 3:11; 1Te 1:9; 2:16; 1Ti 6:16; 2Ti 1:9; Tit 1:2; Heb 1:8; 4:3; 1Pe 5:10; 2Pe 1:11
DIYOS, WALANG PASIMULA	Jua 5:26; Gaw 17:24,25; Rom 11:36
DIYOS, TAKOT SA	Mat 10:28; Luc 1:50; 18:2,4; Gaw 9:31; 13:16,26; Rom 3:18; 2Co 5:11; 7:1; Efe 5:21; Heb 11:7; 1Pe 2:17; Pah 15:4
DIYOS-DIYOSAN, PAGSAMBA SA	Gaw 14:13,15; 17:22,23,29; 19:24,25; Rom 1:22-27; 1Co 6:9,10; 8:1-13; 10:7,8,14,19-22; 12:2; Gal 4:8; Col 2:18; 1Pe 4:3,4; 1Ju 5:21; Pah 2:14,20-22; 9:20,21; 14:8; 21:8; 22:15
DUGO	Mat 26:28; Jua 6:53-56; Heb 9:13,1422,25; 10:29; 1Pe 1:19; Pah 12:11

DUKHA	Mat 11:5; 19:21; 25:35,36,42,45; 26:11; Mar 12:43,44; 14:7; Luc 3:11; 4:18; 6:30-35; 7:22; 12:33; 14:12-14; 16:20-22; 18:22; 19:8; Jua 12:6; Rom 15:26; 1Co 13:3; 2Co 8:1-4,9; Gal 2:10; San 1:9,10,27; 2:2-9,15,16; 1Ju 3:17-19
	E
EBANGHELYO	Mat 24:14; Mar 1:1-4,14,15; 16:15,16; Gaw 15:7; 16:10; 20:24; Rom 1:1,2,16; 15:19,20; 16:25; 1Co 4:15; 9:12,16; 15:1-4; 2Co 2:12; 4:3,4; 9:13; Gal 1:7,10-12; 3:8; Efe 1:13; 3:1-6; 6:15,19; Flp 1:7,16,27; Col 1:23; 1Te 3:2; 1Te 2:13,14; 2Ti 1:10; 1Pe 1:12; Pah 14:6
EFESO	Gaw 18:18-28; 19:11-29; 20:16-38; 1Ti 1:3; 2Ti 1:18; 4:12; Pah 2:1-7
ELIAS	Mat 11:14; 16:14; 17:10-12; Mar 9:4,12,13; Luc 1:17; Jua 1:21-25; Rom 11:2-4; San 5:17,18
ELISABET	Luc 1:5-7,13,24,25,36,39-45,57-60
EMAUS	Luc 24:13-18
ENOC	Luc 3:37; Heb 11:5; Jud 1:14
EPICUREO	Gaw 17:18
ESAU	Rom 9:11-13; Heb 12:16,17
ESKRIBA	Mat 2:4; 5:20; 7:29; 9:3; 12:38; 13:52; 15:1; 16:21; 17:10; 20:18; 21:15; 23:2,3; 26:3,57; 27:41; Jua 8:3
EVA	2Co 11:3; 1Ti 2:13,14
	F
FARISEO	Mat 3:7-10; 6:2-8,16-18; 9:11-14; 12:2-8,38,39; 15:1-9; 16:1-12; 19:3; 21:33-46; 22:15-22; 23:1-33; Luc 6:39; 7:30,36-39; 11:14-54; 12:1; 14:1; 15:1-10; Jua 3:1; Gaw 15:5; 22:3; 23:6-9; 26:5
FELIPE, APOSTOL	Mat 10:3; Mar 3:18; Luc 6:14; Jua 1:43,45-51; 6:5-7; 12:20-22; 14:8-13; Gaw 1:13
FELIPE, DIYAKONO	Gaw 6:5; 8:4-14,26-40; 21:8-10
FELIX	Gaw 24:1-27
FILADELFIA	Pah 1:11; 3:7-13
FILIPOS	Gaw 16:12-40; 20:1-6; Flp 1:1; 4:10-18; 1Te 2:2
	G
GABRIEL	Luc 1:11-19,26-29
GADARENO	Mat 8:28-34; Mar 5:1-19
GALACIA	Gaw 16:6; 18:23; 1Co 16:1; Gal 1:1,2; 1Pe 1:1
GALILEA	Mat 2:22; 4:13-25; 26:32,69; 27:55; Luc 3:1; Jua 4:45,47; Gaw 9:31
GALIT NG TAO	Mat 5:22; Gal 5:19-21; Efe 4:26,31; Tit 1:7; San 1:19,20

GAMALIEL	Gaw 5:33-40; 22:3
GANTIMPALA	Mat 10:32; 16:24-27; 20:1-16; 25:34-46; Mar 10:21; 13:13; Luc 6:22,23,35; 12:8; Gaw 26:18; Rom 2:10; 1Co 3:8; Efe 6:1-3; Heb 10:34,36; 11:26; 12:1,2,28; 1Pe 3:9-12; 2Pe 1:10,11; Pah 2:10,17,25-28; 7:14-17; 22:12
GAWA, MABUTI	Mat 5:20; Luc 17:7-10; 18:9-14; Gaw 13:39; Rom 3:20-31; 4:1-22; 8:3; 9:16,31,32; 11:6; 1Co 13:1-3; Gal 2:16,19,21; 3:1-29; 4:9-11; 5:2,4,6,18; 6:15; Efe 2:8,9; Flp 3:3-9; Col 2:20-23; 2Ti 1:9; Tit 3:4,5; Heb 9:1-14; San 2:10,11
GAWA NG MGA CRISTIANO	Mat 5:13-16; 10:42; 25:34-40; Jua 3:21; 15:8; 2Co 5:10; 9:8; Efe 2:10; Flp 2:13; Col 1:10; 3:12-14,17; 1Te 2:17; 1Ti 2:10; 5:10,25; 6:17,18; 2Ti 2:21; 3:16,17; Tit 2:7,14; 3:1,8,14; Heb 6:9,10; 10:24; 13:21; San 1:22-27; 2:14-20,25; 3:13; 1Pe 2:12
GAYO	Gaw 19:29; 20:4; Rom 16:23; 1Co 1:14; 3Ju 1:1
GENTIL	Mat 8:11; 12:17-21; 19:30; Mar 7:27,28; Luc 21:24; Jua 10:16; Gaw 9:15; 10:45; 11:1-18; 13:2,46-48; 14:27; 15:7-9,12-31; 26:16-18; 28:28; Rom 1:5-7,23-32; 2:14; 9:22-30; 10:19,20; 11:11-13,17-21; 15:9-12; Gal 1:15,16; 2:2; 3:14; Efe 2:11,12; 3:1-8; Col 3:11; 1Te 2:16; 1Ti 3:16; 2Ti 1:11
GETSEMANE	Mat 26:36-50; Jua 18:1-2
GOLGOTA	Mat 27:33
GOMORA	Mat 10:15
GRIYEGO	Mar 7:26; Luc 23:38; Jua 7:35; 12:20-23; Gaw 11:20; 14:1; 16:1; 17:2-4,12,28,34; 19:9; 20:2; Rom 2:10; 3:9; 10:12; 1Co 1:22,23; 10:32; 12:13; Gal 3:28; Col 3:11
GURO NG KATOTOHANAN	Mat 4:23; 5:19; 7:15,29; 10:24,25; 15:2-20; 23:2-33; 28:19,20; Luc 11:38-52; Jua 14:26; Gaw 15:1; 20:20; Rom 12:7; 1Co 11:14; 12:28,29; Gal 1:12; 6:6; Efe 4:11; Col 1:28; 3:16; 1Ti 2:20; 3:2; 4:1-3,11,13; 4:16; 2Ti 1:11; 2:24-26; Tit 2:3,12; Heb 5:12; 8:11,12; 13:9; 1Ju 2:27
GURO, BULAAN	Mat 2:15-2016:12; Gaw 20:30; Gal 1:6-8; 2:4; 1Ti 4:1-3; 6:3-5; 2Ti 1:14,15; 3:8; 4:3,4; 2Pe 2:1-22; Pah 2:15
GUTOM	Mat 4:2-4; 5:6; 21:18; Mar 11:12; Luc 4:2-4; 15:14,16; Jua 4:8; 1Pe 2:2; Pah 7:16,17
H	
HAGAR	Gal 4:22,24,25
HAIN	Rom 12:1; 1Co 5:7; Flp 2:17; 3:7,8; 4:18; Heb 13:15; 1Pe 2:5

HALIK	Luc 7:38; 15:20; 22:48; Gaw 20:37; Rom 16:16; 2Co 13:12; 1Te 5:26; 1Pe 5:14
HALIMBAWA	Jua 13:14,15; 1Co 10:6-11; Flp 3:17; 1Te 1:7; 1Te 3:7,9; 1Ti 4:12; Tit 2:7; Heb 4:11; San 5:10,11; 1Pe 2:20-22; 3:5; 2Pe 2:6
HANDOG	Jua 1:29; Rom 12:1; 1Co 5:7; 2Co 5:21; Efe 5:2; Flp 4:18; Heb 9:19-28; 10:1-14; 13:11-13,15; Pah 5:6
HANDOG, KASIYA-SIYA	Rom 3:25; 5:1,10,11; 2Co 5:18,19; Col 1:20-22; 1Ju 2:2; 4:10
HANGARIN	Mat 6:1-18; Mat 16:22,23; Gaw 5:1-10; 1Ju 3:12
HARI	Mat 14:1-10; Luc 22:25; Jua 19:6-13; Gaw 12:1,2; 1Ti 2:1,2
HEBREO	Luc 23:38; Gaw 6:1; 21:40; 22:2; 26:14; 2Co 11:22; Flp 3:5;
HEROD	Mat 2:3-8,12-18; 14:3-11; Luc 1:5; 3:1; 9:7,9; 13:31,32; 23:6-12,15; Gaw 4:27; 12:1-23; 25:23; 26:27,28
HERODIANO	Mat 22:16; Mar 3:6; 12:13
HERODIAS	Mat 14:3,6; Mar 6:17,19,22; Luc 3:19
HINDI MABUNGAHIN	Mat 3:10; 7:17,19; 13:4-7,19-22; 21:19; Luc 3:9; 13:6-9; Jua 15:2,4,6; 2Pe 1:8
HINDI MAKASARILI	Luc 21:3; Jua 13:34; Gaw 4:32,34,35; 20:35; Rom 12:10; 15:1-3; 16:3,4; 1Co 9:19-23; 10:24,33; 13:4,5; 2Co 5:14,15; 8:2,9; Flp 1:18; 2:3-8; 4:17; 1Te 3:8; Flm 1:13,14; San 2:8
HINDI NAGSISISI	Mat 11:16-24; 12:42,44; 13:15; 23:37,38; 24:38,39,48-51; 27:4,25; Mar 3:5; Luc 7:35; 10:13; 13:1-3,5,34; 16:31; Gaw 7:51; Rom 2:4,5; 2Co 12:21; Heb 3:8; 12:17; Pah 2:5,16,21,22; 3:3; 9:20,21; 16:9,21
HINDI PAGKILALA SA DIYOS	Jua 5:42,44; 15:23-25; Rom 1:21,22,28; 3:11,18; 8:6-8; Efe 4:18; Col 1:21; Heb 10:26,27; San 4:4
HINDI PAGKILALA SA KAUTUSAN	Mat 7:23; 13:41; 23:27,28; 24:12; Gaw 2:22,23; Rom 4:7; 2Co 6:14; 1Te 2:7,8; 1Ti 1:9; Tit 2:14; Heb 8:12; 10:17; 2Pe 2:8; 1Ju 3:4
HINDI PAGSAMPALATAYA	Mat 10:14; 11:16-19; 13:13-15,58; 17:17,19,20; 21:32; 27:64; Mar 4:40; 6:2-6; 9:19,24; 16:14,16; Luc 8:12; 10:16; 12:46; 16:31; 18:8; 22:67; 24:11,25,36-43; Jua 1:10,11; 3:11,18,36; 5:38-47; 6:36,64-71; 8:24,45-53; 9:24; 10:25,26; 12:37-48; 16:8-11; 20:25,27; Gaw 13:40,41; 28:24-27; Rom 3:3; 9:31-33; 10:6,7,16,21; 11:7,20; 14:23; 1Te 2:11,12; 3:2; 1Ti 1:13; 2Ti 2:13; Tit 1:15; Heb 3:12-19; 4:1-11; 11:6,31; 12:25; San 1:6,7; 2Pe 3:3,4; 1Ju 2:22,23; 4:3; 5:10,12; Jud 1:5; Pah 21:8
HINDI PAGTATAPAT	1Te 4:6; San 5:4
HINDI PAGTUTULI	Gaw 11:3; Rom 2:25-29; Gal 5:2; Col 3:11

HINDI TAPAT	Mat 13:12; 21:33-43; 25:1-46; Luc 9:62; 19:12-27; 2Pe 1:9
HIWAGA	Mat 11:25; 13:11,35; Mar 4:11; Luc 8:10; Jua 3:8-12; Rom 16:25,26; 1Co 2:7-10; 2Co 3:12-18; Efe 1:9,10; 3:3-5,9,18,19; 6:19; Col 1:25-27; 2:2; 4:3,4; 1Te 2:7; 1Ti 3:9,16; Heb 5:11; 1Pe 1:10-12; Pah 10:7
HUKOM, MAKALUPA	Mat 27:11-26,57-61; Jua 8:15; Gaw 23:34,35; 24:26,27; 25:11,12
HUKUMANG-LUKLUKAN	Mat 27:19; Gaw 18:12; 25:10; Rom 14:10-13

I

ICONIO	Gaw 13:51; 14:1-6,21,22; 16:2; 2Ti 3:11
IGLESIYA	Mat 16:18; Gaw 8:1; 20:28; Rom 16:4,5; 1Co 3:9,16,17; 12:13,27,28; Efe 1:22,23; 4:11,12; 5:25; Col 1:18; 1Ti 3:15; Heb 12:22,23
IKAPU	Mat 23:23; Luc 11:42; 18:9-14; Heb 7:2-10
ILAWAN, LALAGYAN NG	Heb 9:2; Pah 1:13,20
IMPIYERNO	Mat 5:22,29,30; 8:11,12; 10:15,28; 13:30,38-43,49,50; 16:18; 18:8,9,34,35; 22:13; 23:14; 25:28-30,41,45,46; Mar 9:43-48; Luc 3:17; 10:15; 16:23-26,28; Gaw 1:25; 1Te 1:9; 2Pe 2:4; Jud 1:6; Pah 2:11; 9:1,2; 11:7; 14:10,11; 19:20; 20:10,14,15; 21:8
INA	Mat 10:37; 15:4-6; 19:19; Mar 7:10-12; 10:19; Luc 18:20; Efe 6:2; 2Ti 1:5
INAALIHAN NG DEMONYO	Mat 8:28-34; 9:32,33; 10:1; 12:22; 15:22-29; Mar 9:17,18,28,29; 16:9; Luc 4:41; Jua 7:20; Gaw 16:16-18
INGGIT	Mat 27:18; Mar 7:22; Luc 15:25-32; Rom 1:29; 10:19; 11:11; 1Co 10:22; 2Co 11:2; Gal 5:19-21,26; Flp 1:15; 1Ti 6:4,5; Tit 3:3; San 3:14,16; 1Pe 2:1
INSENSO	Mat 2:11; Luc 1:10; Efe 5:2; Pah 5:8; 8:3,4
ISAAC	Mat 1:2; 8:11; Luc 13:28; Rom 9:7; Gal 4:22,28; Heb 11:11,17,20; San 2:21
ISANG LIBONG TAON	Pah 20:1-15
ITINAKWIL	Mat 13:14,15; 15:14; 25:8-13; Luc 13:24-28; 14:24; Jua 17:12; Rom 11:7-10,17-20; 1Co 13:5-7; 1Te 2:7-12; 2Ti 3:8; Tit 1:12; Heb 6:4-8; 10:26-31; 12:15-17; Jud 1:4-13; Pah 22:11
ITINALAGA, NANG UNA	Mat 25:34; Gaw 2:23; 4:28; Rom 8:29,30; 1Co 2:7; Efe 1:4,5,9,11; 3:11

J

JACOB	Mat 1:2; Jua 4:5; Gaw 7:8,14,15; Heb 11:20; 12:16;
JERICO	Mat 20:29-34; Luc 19:1-10; Heb 11:30,31

JERUSALEM, MAKALANGIT	Gal 4:26,31; Heb 11:10,16; 13:14; Pah 21:2,10-27
JERUSALEM, MAKALUPA	Mat 2:3; 4:5; 5:35; 23:37,38; 24:15; 27:2; Mar 13:14-23; Luc 2:41; 13:33-35; 19:41-44; 21:20-24; 23:1-7; 24:47; Jua 4:20; 5:1; 7:1-14; 12:20-22; 18:15,28,29; Gaw 1:4; 2:14; 6:1-15; 7:1-60; 11:19-21; 12:1-23; 21:34
JESU-CRISTO	Mat 1:1,16; 16:20; Mar 14:61; Luc 2:11; 9:20; 23:2,35; 24:21; Jua 1:17; 17:3; Gaw 2:38; 4:10; 9:34; 10:36; 16:18; 19:4; Rom 1:1,3,6; 2:16; 3:24; 5:15,17; 6:3,11,23; 8:1,39; 1Co 1:1,2,4,9,24,30; 2:2; 2Co 1:19; 4:6; 13:5; Gal 2:16; Flp 1:8; 2:11; 1Ti 1:12,15; Tit 3:6; Heb 3:1; 13:8; 1Pe 5:10,14; 1Ju 1:7; 2:1
JESUS	Mat 1:21,25; Luc 1:31; 2:21; 10:24; Jua 2:21; 7:46; 20:31; 21:13,25; Gaw 2:38; 3:6,16; 4:10,30; 5:40; 8:12,16; 10:48; 16:18; 19:17; 21:13; 26:9; 1Co 1:2,10; 5:4; 6:11; Efe 5:20; Flp 2:10; Col 3:17; 1Te 2:8; 3:6; Heb 1:4; 1Pe 2:4; 1Ju 3:23; Pah 22:16
JESUS, ANAK NG DIYOS	Mat 14:33; 16:15-17; 26:63; 27:43,54; Mar 1:1; 3:11; 5:7; 14:61,62; 15:39; Luc 1:32,35; Jua 1:34,49; 3:16-18,34-36; 5:19-37; 6:27-69; 8:16-54; 10:15-38; 11:4,27; 14:7-31; 15:1-24; 19:7; 20:17,21,31; Gaw 13:33; Rom 1:4; Heb 1:5; 4:14; 5:5; 1Ju 1:7; 2:22-24; 3:8; 4:9,10,14; 5:5; 2Ju 1:3; Pah 2:18
JESUS, ANAK NG TAO	Mat 8:20; 9:6; 11:19; 12:8,40; 16:28; 17:9-23; 13:41; 16:13,27; 19:28; 20:28; 24:27-37; Mar 9:12; 13:26; Luc 7:34; 18:31; 19:10; Jua 1:51; Gaw 7:56; Heb 2:6-10; Pah 1:13; 14:13
JESUS, BANAL	Mar 1:24; Luc 1:35; 4:34; 23:40,41,47; Jua 5:30; 7:18; 8:46; 14:30; 16:10; 18:30,38; Gaw 3:14; 4:27,30; 13:28,35; 2Co 4:4; 5:21; Heb 1:9; 4:15; 7:26-28; 9:14; 1Pe 1:19; 2:22; 1Ju 2:29; 3:5; Pah 3:7
JESUS, DIYOS	Mat 1:23; 11:27; 12:8; 22:42-45; 26:63-67; Jua 1:3; 10:30,38; 12:41,45; 14:7-10,16; 15:26; 17:10; Gaw 3:14; 10:36; Rom 9:5; 10:11-13; 1Co 2:8; 2Co 4:5; Flp 2:6; Col 1:16,17; 2:9; 2Ti 4:1; Tit 2:13; Heb 1:3,8,10-12; 13:20; Pah 1:17; 22:13
JESUS, DIYOS NA KASAMA NATIN	Mat 1:23
JESUS, HARI	Mat 2:2,6; 12:6; 13:41; 19:28; 21:5-9; 25:31-34; 26:64; 27:11; 28:18; Luc 1:32,33; 2:11; 19:27,36-38; 22:29,30,69; 23:38,42; Jua 1:49; 12:41; 18:36,37; 19:14,15,19; Gaw 1:6,7; 2:30; 3:15; 5:31; 1Co 15:23-28; Efe 1:20-22; Flp 2:9-11; 1Ti 6:15,16; Heb 2:7,8; 10:12,13; 1Pe 3:22; Pah 1:5-7; 3:7,21; 5:5,12; 6:2,15-17; 11:15; 12:10; 14:14; 17:14; 19:11-16; 20:4,6

JESUS, KAALAMAN	Mat 9:4; 11:27; 12:25; 13:54; 22:18; 24:25; 26:46; Mar 2:8; 5:30; 14:13-15,42; Luc 2:40,47,52; 5:22; 6:8; 9:46-48; 22:10-13; Jua 1:48; 2:24,25; 3:32; 4:16-19,28,29; 5:30,42; 6:64; 8:16; 13:1,2,10,11; 16:30,32; 17:1; 18:4; 21:17; Gaw 1:24; Col 2:3; Pah 2:18,23; 5:5,12
JESUS, KAAMUAN	Mat 11:29; 12:19,20; 21:5; 26:49-63; 27:12-14; Mar 2:6-11; Luc 22:27; 23:34; Jua 8:48-50; 13:5,14; Gaw 8:32; 2Co 10:1; Flp 2:7,8; Heb 12:2,3; 1Pe 2:23
JESUS, KAHABAGAN	Mat 8:3,16,17; 9:36; 14:14; 15:32; 18:11-13; 20:34; 23:37; Mar 6:34; 8:2,3; Luc 7:13; 19:41,42; Jua 11:34-38; 18:8,9; 2Co 8:9; Heb 4:15
JESUS, KALUWALHATIAN	Mat 25:31; Luc 2:32; 9:28-36; 24:36; Jua 1:14; 2:11; 8:50; 12:41; 17:5,22; Heb 2:9; 13:21; 1Ti 3:16; Pah 1:14; 5:12
JESUS, KAPANGYARIHAN	Mat 8:3,16,27; 10:1; 12:13,28,29; 28:18; Mar 3:27; 4:39; 6:7; Luc 5:17; 6:19; 9:1; 11:20-22; Jua 2:19; 5:21,28,29; 10:17,18,28; 17:1,2; Flp 3:20,21; Col 1:17; 1Te 1:9; 1Ti 6:16; Heb 1:3; 7:25; 2Pe 1:16; Pah 1:8; 3:7; 5:12
JESUS, KORDERO	Jua 1:29,36; Pah 5:6,8; 6:16; 7:9,10,17; 12:11; 13:8,11; 14:1,4; 15:3; 17:14; 19:7,9; 21:9,14,22,23,27
JESUS, MAPAGPAKUMBABA	Mat 9:10; 20:28; 21:5; Luc 2:51; 9:58; 22:27; Jua 13:4-17; Gaw 8:32,33; 2Co 8:9; 10:1; Flp 2:5-8; Heb 2:10,17
JESUS, MATUWID	Mat 27:19; Gaw 3:14; 7:52; 22:14; 2Ti 4:8; 1Ju 2:1;
JESUS, MISYON NI	Mat 1:21; 3:11,12; 4:23; 5:17; 9:13; 10:34-36; 15:24; 18:11-14; 20:28; Mar 1:38; 10:45; Luc 1:78,79; 2:30-38; 4:18,19,43; 9:56; 12:49-53; 24:26,46,47; Jua 3:13-17; 4:25,34; 6:51; 9:39; 10:10; 12:27,46,47; 18:37; Gaw 5:31; 10:43; 26:23; Rom 5:6-8; 8:3,4; 10:4; 14:9; 15:8,9; 2Co 5:14,15; Gal 1:3,4; 4:4,5; Efe 4:10; 1Ti 1:15; Heb 2:9-18; 9:26; 1Ju 3:5,8; 4:10
JESUS, MULING PAGDATING NI	Mat 16:27; 24:27-51; 25:31-46; Mar 13:26; Luc 19:13-18; Jua 12:48; 14:3; 1Co 1:7; 5:5; 15:25,26,51,52; Col 3:4; 1Te 4:13-18; 5:2,3; 1Te 1:7,8,10; 2:1,2; 2Ti 4:8; Tit 2:13; 1Ju 2:28; Pah 22:20
JESUS, MULING PAGDATING NI	Mat 16:27; 24:27-51; 25:31-46; Mar 13:26; Luc 19:13-18; Jua 12:48; 14:3; 1Co 1:7; 5:5; 15:25,26,51,52; Col 3:4; 1Te 4:13-18; 5:2,3; 1Te 1:7,8,10; 2:1,2; 2Ti 4:8; Tit 2:13; 1Ju 2:28; Pah 22:20
JESUS, MULING PAGKABUHAY NI	Mat 12:40; 16:4,21; 17:23; 20:19; 26:32; 27:52,53,63,64; 28:6,7; Mar 8:31; 16:6,7; Luc 9:22,31; 18:33; 24:5-7,46; Jua 2:19-22; 12:23; 16:16,22; 20:1-18; Gaw 1:3; 2:24-32; 3:15; 4:10,33; 5:30-32;

	10:40,41; 13:30-34; 17:2,3,31; 26:23-26; Rom 1:4; 4:24,25; 6:4-10; 8:11,34; 10:9; 14:9; 1Co 15:3-8,12-23; 2Co 4:10-14; 13:4; Efe 1:20; Flp 3:10; Col 1:18; 1Te 4:14; 2Ti 2:8; Heb 13:20; 1Pe 1:3; 3:18; Pah 1:5,18
JESUS, NAGKATAWANG-TAO	Mat 16:27,28; 18:11; 20:28,30,31; 21:9; 26:2,26-28,36-45,64; Mar 2:28; 9:9,12; 10:33,45; 14:21,34,42,62; Luc 2:11-14,42,52; 5:24; 17:22,24; 18:31; 19:10; 21:36; 22:48,69; Jua 1:14; 5:27; 12:34; 13:31; Gaw 7:56; 17:31; Gal 4:4; Flp 2:7,8; 1Ti 2:5; Heb 2:9,10,14-18; 10:12; 1Ju 4:2,3; 2Ju 1:7; Pah 1:13; 14:14
JESUS, PAGDADAKILA	Mat 26:64; Mar 16:19; Luc 24:26; Jua 12:32,34--REMOVE; 14:2-4,12,28; 16:15-28; 17:5; Gaw 2:33,34; 7:55,56; Efe 1:20; 4:8-10; 1Ti 3:16; Heb 1:3; 4:14; 9:24
JESUS, PAGHIHIRAP	Mat 26:38-45; 27:24-50; Mar 14:15; 15:34; Luc 2:34; 4:28,29; 22:23,44; 24:46; Jua 4:6; 11:33,35; 12:27; 18:11,19; 19:5,28; Gaw 3:18; 17:3; 2Co 1:5; Flp 2:7,8; 3:10; Heb 2:9; 4:15; 5:7,8; 12:2,3; 1Pe 1:11; 2:21-23; 4:1; Pah 5:6; 19:13
JESUS, PAG-IBIG	Mar 10:21; Jua 11:5; 13:1,23; 19:26; 20:2; 21:7; Gaw 10:38; Rom 8:35-39; 15:3; 2Co 5:13,14; 8:9; Gal 2:20; Efe 3:17-19; 5:2,25,29,30; 1Te 2:13; Heb 2:11,18; 4:15; 1Ju 3:16; Pah 1:5; 3:9,19
JESUS, PAGKAMASUNURIN NI	Mat 3:15; 26:39,42; Mar 14:36; Luc 2:49; 9:51; 22:42; Jua 4:34; 5:30,36; 6:38; 7:18; 8:29,46,55; 9:4; 14:31; 15:10; 17:4; 19:30; Flp 2:8; Heb 5:8; 10:7-9
JESUS, PAGKASASERDOTE NI	Jua 17:1-26; Gaw 3:26; Heb 2:17,18; 3:1,2; 4:14,15; 5:4-6; 6:20; 7:11-28; 8:1,2,6; 9:12-14,23-28; 10:12
JESUS, PAGKATAWANG-TAO NI	Mat 1:1,16-18,23; 2:5,6; 8:20; 13:55,56; 22:45; Luc 1:26-35,38-56; 2:1-21; 3:23-38; 24:39; Jua 1:14; 7:42; 16:28; 20:27; Gaw 2:30; 3:22; 13:23,33; Rom 1:3; 8:3; 9:5; 1Co 15:47; 2Co 5:16; Gal 3:16; 4:4; Flp 2:7,8; Col 1:15; 1Ti 3:16; Heb 1:3,6; 2:9-17; 7:14; 10:5; 1Ju 1:1-3; 4:2,3; 2Ju 1:7; Pah 22:16
JESUS, PAGLIBING KAY	Mat 26:12; 27:57-60; Mar 14:8; Jua 12:7; 19:41
JESUS, PAGPAPAITAAS SA LANGIT NI	Luc 24:51; Jua 6:62; 7:33; 8:21; 13:36; 14:2,28; 16:28; 20:17; Gaw 1:9-11
JESUS, PAGSAMBA KAY	Mat 2:2,11; 9:18; 14:33; 15:25; 20:20; 21:9; 28:9,16,17; Mar 3:11; 5:6,7; 11:9,10; Luc 4:41; 5:8; 23:42; 24:52; Jua 5:23; 9:38; 12:13; Gaw 1:24; 7:59,60; 1Co 1:2; 2Co 12:8,9; Flp 2:10,11; 1Ti 1:12; Heb 1:6; 2Pe 3:18; Pah 5:8,9,12-14; 7:10
JESUS, PANALANGIN NI	Mat 11:25,26; 14:23; 15:36; 19:13; 26:26,27,36,39,42,44; 27:46; Mar 1:35; 6:41,46; 14:32-39; Luc 3:21; 5:16; 6:12; 9:18,28,29; 11:1; 22:32,41-44; 23:34; Jua 11:22,41,42; 12:27,28; 17:1-26; 1Co 11:24; Heb 5:7

JESUS, PANGINOON	Mar 2:28; Luc 2:26; Jua 1:41; 3:31; 13:13; Gaw 7:59; 10:36; 11:17; 16:31; 20:21; Rom 1:3; 5:1,11; 10:12; 13:14; 14:9; 1Co 15:47; Col 3:17,24; 1Te 4:1,2; Tit 1:4; San 2:1; 2Pe 1:11; 3:18; Pah 15:3; 17:14; 19:16
JESUS, PASTOL	Mar 14:27; Jua 10:1-18,27; Heb 13:20; 1Pe 2:25; 5:4; Pah 17:17
JESUS, POOT NI	Mat 21:12,13; Pah 6:16,17
JESUS, PRESENSIYA NI	Mat 18:20; 28:20; Jua 3:13; Efe 1:23
JESUS, PROPETA	Mat 11:27; 12:17-20; 13:54; 21:11,46; 24:3-35; Luc 2:40,47,52; 4:18,43; 7:16,39; 13:33; 19:41-44; 24:19; Jua 3:2,13,34; 4:19; 6:14; 7:40; 8:26,28; 9:17; 12:49,50; 14:10,24; 15:15; 17:6,8,14,26; Gaw 3:22,23; 7:37; Col 2:3; Heb 1:1,2; Pah 1:5; 3:14
JESUS, TAGAPAGLIGTAS	Mat 1:21; Luc 2:11; 9:56; 15:1-10; 19:10; Jua 3:16,17; 4:42; 12:47; 14:6; Gaw 3:26; 4:12; 5:31; 13:47; Rom 5:8-11; Gal 2:20; Efe 2:13-18; 5:23; Flp 3:20; 2Ti 1:10; Tit 1:4,15; 2:13,14; Heb 7:25; 1Pe 1:18,19; 2Pe 1:1; 1Ju 3:5,8; 4:9,10,14; Pah 5:5-14
JESUS, TAGAPAGTANGGOL	1Ju 2:1
JESUS, TAGAPAGTURO	Mat 4:23; 5:1; 7:29; 11:1; 21:23; 22:16; 23:8; 26:55; Mar 4:1; 12:14; Luc 4:15; 6:6; 20:21; 23:5; Jua 3:2; 13:13; Gaw 1:1
JESUS, TAGAPAMAGITAN	Rom 5:6-19; Efe 2:13-18; Flp 2:6-8; 1Ti 2:5; Heb 2:14-17; 7:27; 8:6; 9:15; 10:5-22; 12:24; 1Ju 1:3; 1Pe 1:18,19
JESUS, WALANG HANGGAN	Mar 12:36,37; Jua 1:1,2,4,15; 6:62; 8:23,58; 12:41; 17:5,24,25; Efe 3:21; 4:10; Col 1:17; 2Ti 1:9; Heb 1:10-12; 6:20; 7:16,24,25; 13:8; 1Pe 1:20; 1Ju 1:1,2; 2:13,14; Pah 1:8,17,18; 5:13,14
JOB	San 5:11
JONAS	Mat 12:40,41; 16:4; Luc 11:29,30
JOPA	Gaw 9:36-43; 10:9-18
JORDAN, ILOG	Mat 3:6,13; Mar 1:5,9
JOSE, ANAK NI JACOB	Gaw 7:9-18; Heb 11:21,22
JOSE, ASAWA NI MARIA	Mat 1:18-25; 2:13-15,19-23; 13:55; Mar 6:3; Luc 1:27; 2:1-5,7,22-39,41-51
JOSE, TAGA-ARIMATEA	Mat 27:57-60
JOSUE	Gaw 7:45; Heb 4:8
JUAN, APOSTOL	Mat 9:14; 17:1; 20:20-24; 26:18,19,37; Mar 5:37; Luc 5:10; 9:49,50,54-56; ; Jua 13:23-26; 18:15,16; 19:26,27; 20:2-8; 21:1-7,20; Gaw 1:13; 3:1-11; 4:1-19; 8:14-17; Gal 2:9; Pah 1:9; 10:11

JUAN, TAGAPAGBAWTISMO	Mat 3:15; 11:2-19; 14:1-12; 17:12,13; Mar 1:2-11,14; 6:14-28; 11:32; Luc 1:11-20,57-65; 5:33; 7:28; 11:1; 20:4; Jua 1:6,7,15,20-40; 5:32-36; 10:41; Gaw 13:24,25; 19:4
JUAN, TINATAWAG NA MARCOS	Gaw 12:12,25; 13:5,13; 15:36-39; Col 4:10,11; 2Ti 4:11; Flm 1:24; 1Pe 5:13
JUDA, LIPI NI	Heb 7:14; Pah 5:5; 7:5
JUDA, LUGAR	Mat 2:6; 3:1; 4:25; 19:1; Mar 10:1; Luc 1:5,39; 5:17; 23:5; Jua 4:47,54
JUDAISMO	Mat 8:11,12; 23:1-39; 27:21-25; Luc 13:34,35; 19:41-44; 20:9-20; 21:5,6; 23:28-31; Jua 3:1-4; 4:9; 11:45; 12:10,11,43; Gaw 2:5; 7:1-50; 13:16-46; 14:2-6; Rom 2:17-29; 3:1,2; 9:4-6; 10:1-3,21; 11:1-36; Flp 3:5; 1Te 2:14,15; Pah 7:1-8; 12:1-5
JUDAS, ANAK NI MARIA	Mat 13:55; Mar 6:3; Jua 7:3-8; Gaw 1:14; 1Co 9:5
JUDAS, APOSTOL	Mat 10:4; Luc 6:13,16; Jua 14:22
JUDAS, TAGA-KERIOT	Mat 10:4; 26:14-16,21-25,47-50; 27:3-10; Jua 6:71; 12:4-6; 13:2,29; 17:12; Gaw 1:16-25
	K
KAALAMAN	Mat 9:4; Luc 1:77; 10:14,22,27; 11:52; Jua 2:24,25; 7:15,28; 17:3; Gaw 26:24; Rom 1:21,28; 1Co 2:14; 8:1; 12:8; 13:9-12; 2Co 10:5; Flp 1:9; 3:8; Col 2:3; 2Ti 3:7,15; 2Pe 1:5,14; 3:17,18
KAALIWAN	Rom 15:5; 2Co 1:4-11
KAAWAY	Mat 5:44-48; 6:12-15; 13:19; 22:44; Luc 6:27,35; Jua 3:19-21; Rom 1:30; 5:10; 12:20; 1Co 15:26; 1Te 2:14-18; San 4:4
KABABAIHAN	Mat 14:6-11; 24:41; 27:55,56; Mar 12:41-44; 14:3-9; 15:46,47; 16:1-6,9; Luc 1:26-38,41-55; 2:36-38; 23:27,28,49,55,56; 24:1-10,22; Jua 8:1-11; 11:5; 20:14-18; Gaw 1:14; 5:2-10; 8:27; 9:36,39; 12:12-14; 16:14,15; 17:4,12,34; 18:26; 21:9; Rom 1:26; 1Co 11:3-15; 14:34,35; 2Co 11:3; 1Ti 2:9-15; 5:1-16; 2Ti 3:6,7; Tit 2:3-5; 1Pe 3:1-7
KABALISAHAN	Mat 6:25-34; Luc 10:40-41; Flp 4:6; 1Pe 5:7
KABAN NG TIPAN	Heb 9:4,5; Pah 11:19
KABANALAN NG CRISTIANO	Jua 17:17; Rom 6:13,19; 8:29; 12:1,2; 14:18; 1Co 3:16,17; 2Co 7:1; Efe 1:4; 4:24; 5:27; Col 1:22; 2:6; 3:12; 1Te 2:10; 3:13; 4:7; 5:22; 1Ti 6:14; 2Ti 1:9; Tit 3:8; Heb 12:10; 1Pe 1:14-16; 2:5,9; 2Pe 3:11
KABANAL-BANALANG DAKO	Mat 27:51; Heb 9:3,4,5,7,8; 10:19

KABUTIHAN	Mat 5:7,42; 25:34-36; Luc 6:30,34,35; 7:2-6; Jua 11:19,33; 19:27; Gaw 20:35; Rom 12:15; 15:1,2,5; 1Co 13:4-7; Gal 6:1,2,10; Efe 4:32; Col 3:12,14; 1Ti 5:9,10; Heb 5:2; 1Pe 3:8,9; 4:8; 2Pe 1:7; 1Ju 3:17,18
KADALISAYAN	Mat 5:8; Jua 15:2; Flp 4:8; 1Ti 1:5; 3:9; 5:22; 2Ti 1:3; 2:21,22; Tit 1:15; Heb 9:13,14; 10:2; San 4:8; 1Pe 1:22; 1Ju 3:3
KAGALAKAN	Mat 13:44; 25:21,23; Luc 2:10-14; 6:22,23; 10:17,20; 15:5-7,10,20-32; 24:41,52; Jua 3:29; 15:11; 16:20-22,24; Gaw 2:46,47; 8:5; 2Co 7:4-7; 8:2; Flp 1:25,26; 4:4; 1Te 2:20; Heb 10:34; 12:11; 13:17; 1Pe 1:8
KAGANDAHANG LOOB	Mat 5:5,38-42; 11:29 ; 1Co 4:21; 6:7; 2Co 10:1; Gal 5:22; 6:1; Efe 4:1,2; Flp 4:5; Col 3:12; 2Ti 2:24-26; Tit 3:1,2; San 1:21; 3:13,17; 1Pe 3:4
KAHABAGAN	Mat 5:7; 9:12,13; 11:28-30; 15:32; 23:23; Mar 9:20-22; Luc 1:72,78; 6:36; 7:13,14; 15:18-20; Rom 12:8; Flp 2:1,2; 2:27; Col 3:12,13; Tit 3:5; Heb 2:17,18; 4:16; 10:34; San 2:13; 1Pe 1:3; 3:8; Jud 1:21-22
KAHALAYAN	Mar 7:21-23; Rom 13:13; 2Co 12:21; Gal 5:19-21; Efe 4:17-19; 1Pe 4:2,3; 2Pe 2:2,7,18; Jud 1:4-7
KAHALAYAN, PAREHONG KASARIAN	Rom 1:24,26-28; 1Co 6:9; 1Ti 1:9,10
KAHIHIYAN	Mar 8:38; Luc 9:26; Rom 1:16,26,27,32; 6:21; 1Co 11:6,14,22; Efe 5:12; Flp 3:19; 2Ti 1:8,12,16; Heb 11:16; 12:2; Jud 1:12,13
KAHINAANG ESPIRITUWAL	Gaw 20:35; Rom 8:26; 1Co 9:22; 11:26-30; 2Co 12:9-10; 13:3,4; Heb 11:33,34; 12:12
KAHINHINAN	1Ti 2:9; 1Pe 3:3-5
KAISIPAN	Mat 9:4; 12:25; 15:19; 22:37; Mar 7:21; Luc 1:51; 2:35; 8:35; 11:17; Gaw 8:22; 17:29; Rom 1:21,28; 2:15; 7:23,25; 8:6; 1Co 2:11,13; 3:20; 12:2,16; 14:5; 2Co 2:16; 3:14; 10:5; Col 1:21; Tit 1:15; Heb 4:12; 8:10
KALAKASAN, ESPIRITUWAL	Luc 22:32; 2Co 12:9,10; 13:3,4; Efe 1:19; 3:16; Col 1:28,29; 2Ti 4:17; Heb 11:33,34
KALAMIDAD	Mat 27:54; 28:2; Mar 13:8; Luc 13:4; 21:25-28; Gaw 16:26; 1Te 5:3; Pah 6:8,12-14; 8:5-12; 9:1-5; 11:13,19; 16:2-12,18-21; 18:8
KALAYAAN	Jua 8:32,33,36; Rom 6:18,22; Gal 3:28; 5:1,13; 1Pe 2:16

KALIGTASAN	Mat 1:21; Luc 1:69,77; 2:30; 3:6; 13:23; 19:9; Jua 4:22; Gaw 4:12; 13:47; 28:28; Rom 5:8,9; 6:23; 10:1,10; 11:11; 13:11; 1Co 1:18; 2Co 1:6; 6:2; 7:10; Efe 1:13; 2:5,8; 6:17; Flp 1:28; 2:12; 1Te 5:8,9; 1Te 2:13; 2Ti 3:15; Tit 2:11; 3:5; Heb 2:3; 5:9; 9:28; 1Pe 1:5,10-12; 2Pe 3:9; Pah 7:10; 12:10; 19:1
KALOOB	Jua 3:16; 4:10; 6:32,33; Gaw 8:18-20; 11:18; Rom 12:6-8; 1Co 12:4-31; Efe 2:8; 4:7,8; Flp 1:29; San 1:5,17; 1Pe 4:10
KALULUWA / ESPIRITU	Mat 10:28; 16:26; Luc 10:27; 1Te 5:23; 1Pe 2:11; Pah 6:9; 20:4
KALUNGKUTAN	Mat 8:12; 13:42,50; 14:9; 19:22; 26:37-44; Jua 11:19-38; 16:6,20-22; 11:19-40; Rom 9:2; 2Co 7:8-11; 1Te 4:13; 1Ti 6:10; Pah 21:4
KALUWALHATIAN NG MANANAMPALATAYA	Jua 17:22; Rom 8:18,21,28-30; 9:23; Flp 3:21
KALUWALHATIAN NG TAO	Heb 2:6-8; 1Pe 1:24
KAMATAYAN, IKALAWANG	Mat 25:41,46; 1Te 1:9; Pah 20:6; 21:8
KAMATAYAN, LIKAS	Mat 8:21,22; Rom 5:12-21; 6:23; 1Co 15:21,22,51-58; Flp 1:21; Heb 2:14,15; 9:27; Pah 20:13,14; 21:4
KAMATAYAN, PAGKAHIWALAY SA DIYOS	Rom 5:12-21; 6:23; 1Co 15:21,22; Efe 2:1,5; Col 2:13
KAMATAYAN, PAGTATAGUMPAY SA KASALANAN	Rom 6:2,6-8,23; 7:4,9; 2Co 5:14; Gal 2:19,20; 5:24; 6:14; Col 2:20; 3:3; 2Ti 2:11; 1Pe 2:24
KAMUNDUHAN	Mat 6:25-34; 10:39; 13:22; 16:25,26; 22:2-6; 24:38,39; Mar 4:19; 8:35-37; 9:33-36; Luc 8:14; 9:46-48; 12:19; 14:17-24; 16:1-13,19-25; 17:26-29,33; 21:34; Jua 5:44; 12:25,43; 15:19; Rom 12:2; 1Co 7:29-31; 10:6; 15:32; Flp 3:18,19; Col 3:2,5; 2Ti 2:4,22; 3:2-7; Tit 2:12; 3:3; Heb 11:24-26; San 2:1-4; 4:4,9; 5:5; 1Pe 1:14,24; 2:11; 4:3,4; 2Pe 2:12-15,18; 1Ju 2:15-17; Jud 1:11-13,16,19
KAPAGURAN	Mat 9:36; Gal 6:9; 1Te 5:14; 1Te 3:13; Heb 12:5
KAPAHAYAGAN	Mat 11:25,27; 16:17; Mar 10:26; Jua 1:18; Rom 16:25; 1Co 2:10; 14:6,26,30; 12:1,7; Gal 1:12,16; 2:2; 2Te 1:7; Heb 1:1,2; 1Pe 1:10-12; Pah 1:1
KAPAHINGAHAN, ESPIRITUWAL	Mat 11:28-30; Heb 4:1-11
KAPAKUMBABAAN	Mat 5:3; 11:29; 18:2-4; 20:26,27; 23:12; Mar 9:33-37; Luc 1:52; 10:21; 14:10,11; 17:10; 18:13,14; Jua 13:14-16; Rom 12:3,16; 1Co 1:28,29;

	2:1-3; 13:4; 2Co 11:30; 12:5-12; Gal 6:14; Efe 4:2; 5:21; Flp 2:3-11; Col 3:12; San 1:9,10,19; 4:6,10; 1Pe 5:3,5,6
KAPANATAGAN	1Co 7:20; Flp 4:11,12; 1Ti 6:6-8; Heb 13:5
KAPANGANAKANG MULI	Jua 1:13; 3:3-8; 17:2; Gaw 16:14; Rom 2:28,29; 8:2-6,9,13-16; 1Co 2:12,14-16; 2Co 3:3; Gal 2:20; 4:29; Efe 2:5; Tit 3:5,6; San 1:18; 1Pe 1:3,22,23; 2Pe 1:3,4; 1Ju 3:9,14; 4:7; 5:1,4,18
KAPARUSAHAN	Mat 5:22; 10:28; 16:27; 21:33-41; 25:14-30; 27:26,35,38; Mar 3:29; 6:16,27,28; Luc 3:17; 12:47,48; 20:47; Jua 5:29; Gaw 5:36,37; 7:59; 12:2; 22:24,29; 26:11; 2Co 2:6; 6:9; Col 3:25; Heb 2:2; 6:2; 10:28-31; 12:25; 2Pe 2:9; Pah 14:10,11; 19:3; 20:10
KAPAYAPAAN SA DIYOS	Luc 1:79; 2:14; Jua 7:38; 14:27; 16:33; 20:19; Gaw 10:36; Rom 2:10; 5:1; 8:6; 10:15; 14:17; 15:13,33; 1Co 1:3; 2Co 1:2; Gal 1:3; 5:22; Efe 2:14-17; Flp 4:7,9; Col 1:20; 3:15; 1Te 1:1; 1Te 3:16; 1Ti 1:2; 2Ti 1:2; Tit 1:4; Flm 1:3; Pah 1:4
KAPAYAPAAN SA TAO	Mat 5:9; 10:21,22,34-36; Mar 9:50; Luc 2:14; Gaw 7:26-29; 17:7-9; 19:36,40; Rom 12:18; 14:19; 1Co 14:33; 2Co 13:11; Efe 4:3; 1Te 5:13; 1Ti 2:2; 2Ti 2:22; Heb 12:14; San 3:17,18; 1Pe 3:10,11
KARAMDAMAN	Mat 25:36,43; Jua 11:3,4; Flp 2:25-30; San 1:27; 5:14,15
KARUNUNGAN, MAKASANLIBUTAN	Mat 6:23; 7:24-27; 11:25; Luc 10:21; 16:8; Rom 1:21-23; 1Co 1:17-27; 2:1-14; 3:18-20; 8:1,2; 2Co 1:12; Col 2:8; 1Ti 6:20,21
KARUNUNGAN, MULA SA DIYOS	Mat 7:24,25; 11:25-27; 13:11; 16:16,17; 25:1-13; Luc 1:76-79; 12:11,12; 21:15; 24:32,45; Gaw 6:10; 7:10; 1Co 1:30; 2:6-16; 3:18; 12:8; 2Co 2:11; Efe 1:16-19; 3:14-19; 5:15-17; 6:18-20; Flp 1:9,10; Col 1:9,10,26-28; 2:1-3; 3:16; 4:2-5; 1Te 5:4,5; 2Ti 2:7; 3:15; San 1:5; 3:13-18
KASAKIMAN	Mat 26:14,15; Gaw 5:1-10; 1Co 6:10; Col 3:5; 1Ti 6:9-11
KASALANAN	Mat 1:21; 9:6; 12:31,32; 15:19,20; 26:28; Jua 1:29; 3:19,20; 8:24,34,44; 9:41; 15:22,24; Rom 3:9-18; 5:12-21; 6:6,7,10-23; 7:13,23,25; 14:23; 1Co 15:3; 2Co 5:21; Gal 5:19-21; 1Ti 3:3,5-7; 5:22,24; Heb 9:28; 10:26; 12: 4; San 1:15; 4:17; 5:16; 1Pe 4:8; 2Pe 2:22; 1Ju 1:5-10; 2:1,2; 3:4,5,9; 5:17; Pah 18:5
KASALANAN SA BANAL NA ESPIRITU	Mat 12:31,32; Mar 3:29; Luc 12:10; Gaw 5:3,9; 7:51; 8:18-23; Efe 4:30; Heb 10:29; 1Ju 5:16
KASAMAAN SA KAPWA	Mat 5:38-41; 6:15; 14:3-10; 18:28-35; 26:52; 27:18; Mar 15:10; Luc 6:29; 9:54; Jua 8:44; 18:22,23; Gaw 16:19-24; 17:5; 23:12-14; Rom 1:29-32; 12:19;

	1Co 5:8; 14:20; Gal 5:19-21; Efe 4:31; Flp 1:15,16; Col 3:8; 1Te 5:15; Tit 3:3; San 1:21; 2:13; 1Pe 2:1; 3:9; 1Ju 2:9,11; 3:10,13-15; 4:20; 3Ju 1:10
KASAYAHAN	Mat 5:10-12; Mar 14:11; Luc 1:45-55; 16:25; 23:8; Jua 8:56; Gaw 2:26; 2Co 2:2; 2Ju 1:4; 3Ju 1:3; Pah 19:7
KASIGASIGAN	Jua 2:15-17; 6:27; 9:4; Gaw 4:8-20; Rom 1:14,15; 9:1-3; 10:1-3; 11:11; 15:18-25; 1Co 9:19-23; 14:12; 15:58; 2Co 4:8-10; 7:11; 9:2; 11:7-12; Gal 4:18; Flp 2:19-22,25-30; 3:4-16; Col 4:12,13; Tit 2:14
KASIPAGAN	Rom 12:8,11; Flp 3:13,14; Heb 6:10-12; 11:6; 2Pe 1:5,10
KASUKLAM-SUKLAM	Mat 24:15; Luc 16:15; Pah 17:4,5; 21:27
KASULATAN	Mat 4:6; 22:23-29; Mar 7:9-13; Luc 4:16-21; 24:27,32,44-47; Jua 3:10; 5:39,45-47; 7:42,52; 10:35; 14:16-21; 15:7; 17:17; 20:31; Gaw 2:24-31; 17:2,11; 18:28; 20:32; 28:25-29; Rom 1:2; 3:2; 4:3; 10:17; 1Co 2:10-14; 2Co 4:2; Efe 6:16,17; Col 3:16; 1Te 2:13; 2Ti 3:15-17; 4:1-4; Heb 2:1-4; 4:12; 10:5-7; San 1:18,21-25; 1Pe 1:23-25; 4:11; 2Pe 1:20,21; 3:1,15-17
KATAKAWAN	Luc 12:19,20,45,46; 21:34; Rom 13:13,14; 1Co 15:32; 1Pe 4:3; Jud 1:12
KATAMARAN	Mat 20:6,7; 25:26-30; Luc 19:20-25; Gaw 17:21; Efe 5:16; 1Te 2:9; 1Te 3:10-12
KATAPATAN	Mat 7:12; 25:21; Mar 10:19; Luc 3:12,13; 6:31; 16:10-12; 19:17; Gaw 24:16; 1Co 4:2; 2Co 4:1,2; 7:2; 8:21; Flp 4:8; Col 3:22; 1Te 4:11,12; 2Ti 3:14; Heb 3:1,2,5; 13:18; 1Pe 2:12; Rom 13:1; Tit 3:1; Pah 2:10
KATAPATAN NG KALOOBAN	Jua 1:47; Rom 12:9; 1Co 5:8; 2Co 1:12; 2:17; 8:8,24; Efe 6:5-7,24; Flp 1:10,16; 1Te 2:3-5; 1Ti 1:5; 2Ti 15; Tit 2:7; 1Pe 2:1,22; 1Ju 3:18
KATAPATAN SA SARILI	Mat 1:19; Luc 3:13,14; 6:31; 11:42; 16:10; 19:8; 23:50,51; Jua 1:47; Gaw 14:12-15; 23:1; 24:16; Rom 9:1; 13:5; 14:5,14,22; 2Co 4:2; 5:11; 7:2; 8:21; Efe 6:6; Flp 4:8; Col 3:22,23; 1Te 2:4; 1Ti 1:5; 3:9; Tit 1:7,8; Heb 13:18; 1Pe 2:12; 3:16
KATATAGAN	1Co 15:58; Gal 5:1; Flp 3:12-14; Col 2:5; 1Te 2:15; 3:3; Heb 3:6,14; 10:23; 13:9; San 1:23-25; 1Pe 5:9
KATAWAN NG TAO	1Co 3:16; 6:13,15-20; 12:14-25; 15:19-54; 2Co 5:1
KATAWAN NI CRISTO	Rom 12:5; 1Co 10:17; 12:12,13,27; Efe 4:4
KATIGASAN NG PUSO	Mar 3:5; 6:52; Jua 12:40; Rom 9:18; Heb 3:8-15; 4:7; Pah 9:20,21
KATITISURAN	Mat 13:41; 16:23; 18:6-9; Luc 17:1; Rom 14:13,21; 16:17; 1Co 8:9-13; 10:32; Pah 2:14

KATIWALA	Mat 25:14-30; Luc 8:3; 12:42; 16:1-8; 1Co 4:1,2; 9:17; Tit 1:7; 1Pe 4:10
KATIYAKAN, KALIGTASAN	Rom 5:1; 8:2,16,31-39; 1Co 1:8; Heb 3:14,18; 6:11-19; 10:22; 2Pe 1:10,11; 1Ju 3:2,14,19; 4:8; 5:13-15
KATIYAKAN, KAY CRISTO	Jua 10:28; 17:12; Rom 8:34-39; 2Co 1:21,22; 1Pe 1:5; Jud 1:24
KATOTOHANAN	Jua 1:14,17; 4:24; 5:33; 8:31,32,44; 14:6,17; 16:13; 17:17,19; 18:37,38; Rom 2:2,8; 1Co 5:8; 13:6; 2Co 4:2; 6:7,8; 12:6; Gal 3:1; 4:16; 5:7; Efe 5:9; 6:14; Flp 4:8; 1Te 2:10,12,13; 1Ti 2:7; 3:15; 4:3; 6:5; 2Ti 2:15,25; 3:8; 4:4; Tit 1:1,2; 1Pe 1:22; 1Ju 4:6; 5:20; 2Ju 1:2
KATUBUSAN	Mat 20:28; Mar 10:45; Luc 2:38; Gaw 20:28; Rom 3:24-26; 1Co 1:30; 6:20; 7:23; Gal 1:4; 2:20; 3:13; 4:4,5; Efe 1:7,13,14; 4:30; 5:2; Col 1:14,20-22; 1Ti 2:6; Tit 2:14; Heb 9:12,15; 1Pe 1:18,19; Pah 5:9,10
KATUWIRAN	Mat 3:15; 5:6,10,20; 6:33; Luc 3:10-14; Jua 3:21; 14:21-24; 16:8-10; Gaw 17:31; Rom 4:3-25; 6:19-22; 8:4-6; 14:17-19; 2Co 9:10; Gal 5:22,23; Efe 5:9; Flp 1:11; 1Ti 6:14; 2Ti 2:22; 3:16; 4:6-8; Tit 2:11,12; Heb 11:33; 12:11; San 3:18; 1Pe 3:14; 1Ju 2:29; 3:7,10
KAUTUSAN	Mat 5:17-45; 22:21,37-40; Luc 16:17; 20:22-25; 24:44; Jua 1:17,45; 5:46; 7:49,51; 12:34; Gaw 7:38,53; 13:39; 15:5; 20:20-25; Rom 2:14,15; 5:20; 7:1-7,12,14; 8:3; 10:4,5; 13:10; 1Co 6:12; 10:23; 2Co 3:7-15; Gal 2:3-9; 3:19; Efe 2:15; Col 2:14-23; 1Ti 1:5,8-10; Heb 2:2; 8:4-13; 9:8-24; 10:1-18; San 1:25; 1Ju 3:4; 5:3
KAWALANG-KAALAMAN	Luc 12:48; 23:34; Jua 13:7; 16:2; Gaw 1:7; 3:14,15,17; 17:23,30; 19:32; Rom 8:24-26; 1Co 2:7-10; 3:19; 13:9,12; Gal 1:13-16; Efe 4:18,19; 1Ti 1:12,13; San 1:5,6
KAWIKAAN	Mat 12:33; Luc 4:23; 6:44; 14:34; 1Co 15:33; Gal 6:7
KAYABANGAN	Rom 1:30; San 3:5; 4:16
KAYAMANANG ESPIRITUWAL	Mat 6:20,21; Col 1:27; 2:2,3
KAYAMANANG PANLUPA	Mat 6:19; 13:22; 19:16-30; Mar 4:19; Luc 9:25; 12:15; 1Ti 6:8-10,19; San 2:6,7; 5:3-5; 1Ju 3:17
KETONG	Mat 8:3,4; 10:8; Mar 1:40-42; 14:3; Luc 5:13,14; 17:12-14
KINATAWAN PARA KAY CRISTO	2Co 5:20
KRUS	Mat 10:38; 27:32; Mar 8:34; 15:21; Luc 9:23; 1Co 1:17,18; Gal 6:14; Efe 2:16
	L
LAKAS NG LOOB	Gaw 4:13-31; 9:26-29; 13:46; Gal 2:11-15; Efe 3:12; Flp 1:6; 1Te 2:4; Heb 4:16; 10:19; 13:6; 1Ju 3:21,22; 4:17; 5:14,15

LAMAN, MAKASALANAN	Rom 7:5,8,11,13,18-24; 8:1-9,12,13; 13:14; Gal 5:17,19-21,24; 6:8,12,13; Efe 2:3; 1Ju 2:15-17
LANGIT, ESPIRITUWAL	Mat 5:11,12,20,34,45; 6:9; 10:32,33; 11:25; 12:50; 16:17; 18:10,14; 22:30; Mar 11:25,26; 16:19; Luc 10:20; 13:29; 15:7,10; 20:36; 23:43; Jua 14:2; Gaw 7:49; Rom 1:18; 8:17,18; 1Co 15:42,50; 2Co 5:6,8; 12:4; Gal 5;21; Efe 5:5; Flp 1:23; Heb 8:1; 11:10,16; 1Pe 1:4; 2Pe 1:10,11; 3:12,13; Pah 2:7; 7:15,17; 8:1; 12:7-9; 14:13; 19:8; 21:2-5,10-27; 22:1-5,14,15
LANGIT, PISIKAL	Mat 5:18; 24:29,30,35; Gaw 2:19; 4:24; 14:15; Heb 1:10-12; 2Pe 3:10,12,13; Pah 6:12-14; 10:6; 14:7; 20:11; 21:1-4
LAODICEA	Col 2:1; 4:13,15,16; Pah 1:11; 3:14
LAWA NG APOY	Pah 19:20; 20:10,14,15; 21:8
LAZARO	Jua 11:1-14,38-44; 12:1,2,9-11,17,18
LEON	2Ti 4:17; Heb 11:33; 1Pe 5:8; Pah 4:7; 5:5; 9:8,17; 13:2
LEVI, ANAK NI JACOB	Heb 7:5,9; Pah 7:7
LISTRA	Gaw 14:6-23; 2Ti 3:11
LIWANAG	Mat 4:16; 5:14,16; 6:22; 17:2; Luc 2:32; 11:34; 16:8; Jua 1:4,5,7-9; 3:19-21; 5:35; 8:12; 9:5; 12:35,36; Gaw 9:3; 26:18; 2Co 4:6; Efe 5:8,14; Flp 2:15; 1Te 5:5; 1Ti 6:16; San 1:17; 1Pe 2:9; 2Pe 1:19; 1Ju 1:5,7; Pah 4:5; 8:10; 21:23
LUCAS	Luc 1:1-4; Gaw 1:1,2; 16:10-13; 20:5,6; 21:1-18; 27:1-44; 28:1-31; Col 4:14; 2Ti 4:11; Flm 1:24
LUMANG TIPAN	Luc 24:25-44; Jua 13:34,35; 1Co 10:1-11; 2Co 3:14-16; Heb 1:1; 3:7-11; 9:1-28; 2Ti 3:16; 1Pe 1:9-12
LYDIA	Gaw 16:14,15,40
	M
MACEDONIA	Gaw 16:9,12; 19:22,23; 20:1-6; 27:2; 2Co 2:13; 7:5; 8:1-5
MAGDALA	Mat 15:39
MAGNANAKAW	Mat 6:19,20; 15:19; 19:18; 21:13; 27:38,44; Mar 7:21,22; 11:17; 15:27; Luc 18:20; 19:45,46; Jua 10:1; Rom 2:21; 13:9; 1Co 6:8,10; Efe 4:28; Tit 2:9,10; 1Pe 4:15; Pah 3:3; 9:21
MAGULANG	Mat 10:37; 12:46; Mar 9:24; Luc 2:48; 11:11-13; Jua 2:5; 4:49; 19:25; 2Co 12:14; Efe 6:4; Col 3:21; 1Te 2:11; 1Ti 3:4,5,12; 5:8; Tit 1:6; 2:4; Heb 12:7
MAKAPANGYARIHANG GAWA	Mat 9:1-8,20-22; 10:1; 11:2-5,20-24; 12:28; 14:15-22,24-32; 24:24; Mar 4:37-41; 5:29; Luc 8:43-48; 16:31; Jua 2:7-11,18,23; 3:2; 4:48; 5:2-9,36; 6:5-14,26; 9:3,15,16; 10:25-38;

	11:4,40-44,47; 12:37-41; 14:12; 15:24; 20:30,31; Gaw 2:22; 4:16,30; 6:8; 15:12; Rom 15:18,19; 1Co 1:22; 2Co 12:12; 1Te 2:3,9; Pah 13:13
MALAKAS NA TINIG, PAGPUPURI	Luc 17:15; 19:37-41; Gaw 3:8,9; Pah 5:12-14
MALING KATURUAN	Mat 5:19; 15:9,13; Gaw 15:24; Rom 16:17,18; 2Co 2:17; 11:4; Gal 1:7-9; Efe 4:14; Col 2:4,8,18-23; 1Ti 1:3,4,6,7,19; 4:1-3,7; 6:3-5,20,21; 2Ti 2:14,16-18; 3:6-9,13; 4:3; Tit 1:10-14; Heb 13:9; 2Pe 2:1-22; 1Ju 4:3; 2Ju 1:7-11; Jud 1:3-16
MANA	Luc 15:12,25; Gaw 20:32; 26:18; Rom 8:16,17; Gal 3:15; Efe 1:11; Tit 3:7; Heb 1:14; 9:16,17
MANGANGARAL NG EBANGHELYO	Gaw 21:8; Efe 4:11; 2Ti 4:5
MANGGAGAWA	Mat 20:1-15; 21:33-41; Luc 3:14; Efe 6:5-8; Col 3:22; 1Ti 5:18; 6:1; San 5:4
MANGHAHASIK	Mat 13:3-8; Mar 4:3-20,26-28; Luc 8:5-8; Gal 6:7,8
MANGMANG	Mat 7:26,27; 25:1-13; Luc 12:16-20; Rom 1:21; 1Co 1:18,27; Gal 3:1,3; 1Ti 6:9; 2Ti 2:23; Tit 3:3
MANININGIL NG BUWIS	Mat 5:46,47; 9:9,11; 10:3; 11:19; 18:17; 21:31; Mar 2:14; Luc 3:12; 5:27; 7:29; 18:9-14; 19:2-10
MANLILIKHA, DIYOS AT CRISTO	Mar 10:6; 13:19; Jua 1:1-3; Gaw 4:24; 7:50; 14:15; 17:24-26,28,29; Rom 1:20; 11:36; 1Co 8:6; 11:12; 12:18,24,25; 15:38; 2Co 4:6; 5:5,18; Efe 3:9; Col 1:16-17; 1Ti 6:13; Heb 1:1,2; 2:10; 3:4; 11:3; 12:9; 1Pe 4:19; Pah 4:11; 10:6; 14:7
MAPAGPATULOY	Mat 10:40; 22:2-10; 25:34-46; Luc 10:4-8,38; 11:37,38; 14:12-14; 15:14,16; 19:1-10; Gaw 10:6,23; 16:15; Rom 12:13; 16:1,2; 1Ti 3:2; 5:10; 2Ti 1:16; Tit 1:7,8; Heb 13:2; 1Pe 4:9,11; 3Ju 1:5-8
MAPAGSALUNGAT	Mar 9:38,39; Luc 9:49; Gaw 4:1-3,15-21; 6:9-15; 7:57-59; 8:1-3; 13:50; 17:5,13; 18:13; 21:28-31; 22:22,23; 23:2
MAPANGHATOL	Mat 7:1-5; Luc 7:39; 15:25-32; Jua 8:1-11; Rom 14:1-6,13; 2Co 2:6-11; Efe 5:4; San 3:14-18; 4:11,12
MARIA, ASAWA NI CLEOFAS	Mat 27:55,56,61; 28:1,9,10; Luc 24:9-11; Jua 19:25
MARIA, INA NI JESUS	Mat 1:16; 12:46,47; Luc 1:26-56; 2:5-19,35,48-51; Jua 2:1-10; 19:25-27; Gaw 1:14
MARIA, INA NI MARCOS	Gaw 12:12; Col 4:10
MARIA, KAPATID NI LAZARO	Mat 26:7-13; Mar 14:3-9; Luc 10:38-42; Jua 11:1,2,5; 12:3
MARIA, TAGA-MAGDALA	Mat 27:55,56,61; Mar 16:9; Luc 8:2,3; Jua 20:1,2,11-18

MARTA	Luc 10:38-42; Jua 11:1,5; 12:2
MASAMANG TAO	Mat 3:12; 5:11,12; 7:6,26; 11:16; 13:5,38,48; 15:14; 18:11-14; 22:1-14; 25:43; Luc 3:7-9; 6:22,23; Jua 3:16-20; 8:34,44; Rom 1:20-32; 2:7-9; 3:10-18; 5:8; 9:13; 1Co 10:5,11; Efe 2:1-3,12-14; 4:17-19; 5:11,12; Flp 2:15; Col 1:21; 1Te 5:5-8; 1Te 1:8; 1Ti 1:9,10; 2Ti 3:2-13; Tit 1:15,16; Tit 3:3; 1Ju 1:6,7; 3:3-17; 4:9,10; Pah 3:17,18
MATATANDA	Tit 2:2-5
MATEO, TINATAWAG NA LEVI	Mat 9:9,10; 10:2,3; Mar 2:14,15; 3:18; Luc 5:27-29; 6:15; Gaw 1:13,14
MATINDING KAHIRAPAN	Mat 24:92129; Mar 13:19,24; Rom 2:9; 1Te 5:2; Pah 1:9; 2:9,10; 7:14
MATUWID	Mat 1:19; 5:45; 9:13; 10:41; 13:17,43,49; 23:28,29,35; 25:37,46; 27:19; Mar 2:17; 6:20; Luc 1:6,17; 2:25; 5:32; 14:14; 15:7; 18:9; 20:20; 23:50; Gaw 10:22; 24:15; Rom 1:17; 3:10; 5:7,19; Gal 3:11; 1Ti 1:9; Heb 10:38; 11:4; 12:23; San 5:6,16; 1Pe 3:12; 4:18; 2Pe 2:7,8; 1Ju 3:7; Pah 22:11
MAYAMAN	Mat 19:16-26; Luc 6:24,25; 12:15-21; 16:13,14,19-31; 1Ti 6:17-19; San 1:9-11; 5:1-6
MELQUISEDEC	Heb 5:6,10; 6:20; 7:1-21; 8:1
MILETO	Gaw 20:15-38; 2Ti 4:20
MISYON	Mat 24:14; 28:19; Mar 13:10; 16:15; Luc 24:47,48; Gaw 10:9-20; 13:2-4,47; 26:14-18; 1Co 16:9; Pah 14:6,7
MOISES	Mat 17:3,4; Mar 9:4; Luc 16:29; Gaw 3:22; 7:20,22,24-29,37,38; 2Co 3:13; Heb 11:23-28; Jud 1:9
MULING PAGDATING NI JESUS	Mat 16:27; 24:27-51; 25:31-46; Mar 13:26; Luc 19:13-18; Jua 12:48; 14:3; 1Co 1:7; 5:5; 15:25,26,51,52; Col 3:4; 1Te 4:13-18; 5:2,3; 1Te 1:7,8,10; 2:1,2; 2Ti 4:8; Tit 2:13; 1Ju 2:28; Pah 22:20
MULING PAGKABUHAY NG TAO	Mat 22:23-32; 24:31; 25:1-13; 27:52,53; Mar 12:18-27; Luc 14:14; 20:27-38; Jua 5:21,25,28,29; 6:39,40,44,54; 11:23-25; 14:19; Gaw 2:26-31; 4:1,2; 17:18,32; 23:6,8; 24:14,15; 26:6-8; Rom 4:16-21; 8:10,11,19,21-23; 1Co 6:14; 15:12-32,35-57; 2Co 4:14; 5:1-5; Flp 3:10,11,21; 1Te 4:14,16; 2Ti 1:10; 2:18; Heb 6:2; 11:19,35; Pah 20:4-6,13
MULING PAGKABUHAY NI JESUS	Mat 12:40; 16:4,21; 17:23; 20:19; 26:32; 27:52,53,63,64; 28:6,7; Mar 8:31; 16:6,7; Luc 9:22,31; 18:33; 24:5-7,46; Jua 2:19-22; 12:23; 16:16,22; 20:1-18; Gaw 1:3; 2:24-32; 3:15; 4:10,33; 5:30-32; 10:40,41; 13:30-34; 17:2,3,31; 26:23-26; Rom 1:4; 4:24,25; 6:4-10; 8:11,34; 10:9; 14:9; 1Co 15:3-8,12-23;

	2Co 4:10-14; 13:4; Efe 1:20; Flp 3:10; Col 1:18; 1Te 4:14; 2Ti 2:8; Heb 13:20; 1Pe 1:3; 3:18; Pah 1:5,18
MULING PAKIKIPAGKASUNDO	Mat 5:23-26; Luc 23:12; Rom 5:1-10; 11:15; 2Co 5:18-21; Efe 2:13-18; Col 1:20-22; Heb 2:17
MUSIKA	Mat 9:23; 11:17; Mar 14:26; 1Co 14:15; Efe 5:19; Col 3:16; Heb 2:12; Pah 14:2,3; 18:22
	N
NAIN	Luc 7:11
NAWALAN NG PAG-ASA	Mat 27:3-5; Gaw 27:20; 2Co 1:8; 4:8; Pah 9:6
NAZARET	Mat 2:23; 21:11; Mar 1:24; 10:47; Luc 1:26,27,56; 2:4,39,51; 4:16-30,34; 18:37; 24:19; Jua 1:46
NICODEMO	Jua 3:1-12; 7:50-53; 19:39,40
NINEVE	Mat 12:41
NOE	Mat 24:38; Heb 11:7; 1Pe 3:20; 2Pe 2:5
	O
OLIBO, BUNDOK	Mat 24:3; 26:30; Mar 13:3; 14:26; Luc 19:29,37; 22:39
ONESIFORO	2Ti 1:16,17; 4:19
ONESIMO	Col 4:9; Flm 1:10
ORAS	Mat 14:25; Mar 1:15; 6:48; Luc 12:16-23; 21:24; Jua 6:39,54; 12:48; Gaw 2:17; 7:6; 14:15-17; 2Co 6:2; Gal 4:4; Efe 1:10; 5:16; 2Ti 3:1; Heb 11:11,13-16; 2Pe 3:3,8,9,13,15; Pah 10:6
	P
PABLO, SAULO	Gaw 7:58; 8:1,3; 9:1-30; 11:25-30; 12:25; 16:37; 18:1,3; 20:7-10; 21:39; 22:1-21,25-29; 23:6; 24:23; 26:4,5,9-18,29; Rom 11:1,13; 9:2,3; 15:16; 1Co 9:1,5; 15:8; 2Co 1:8-11,15,16; 10:1,10; 11:6,22; 12:1-10; Gal 1:1,13-24; Flp 3:5,6; 1Ti 1:12,13; 2Ti 1:1,11; Tit 1:1,3
PAG-AALINLANGAN	Luc 1:18-20; Jua 20:24-29; 2Pe 3:4; San 1:6,7
PAG-AARAL	Gaw 4:13
PAG-AASAWA	Mat 1:18; 5:31,32; 19:2-9,29; 22:2,11,12,24,29,30; 25:1-11; Mar 6:17,18; 10:2-12; 12:19-25; Luc 16:18; 20:28; Jua 2:1-5; Rom 7:1-3; 1Co 6:16; 7:1-40; 9:5; 11:11,12; 2Co 6:14; Efe 5:25-32; Col 3:18,19; 1Ti 3:2,12; 4:1,3; 5:14; Heb 13:4; Pah 19:7-9
PAG-AAYUNO	Mat 4:1,2; 6:16-18; 9:14,15; 17:21; Mar 2:18-22; Luc 2:36,37; Gaw 10:30; 13:3; 14:23; 2Co 6:4,5; 11:27
PAG-AMPON, ESPIRITUWAL	Rom 8:14-19,21,29; Gal 4:5-7

PAG-ASA	Gaw 23:6; 24:14,15; 26:7,8; 28:20; Rom 4:18; 5:2-5; 8:24,25; 12:12; 15:4,13; 1Co 13:13; 15:19; 2Co 3:12; Gal 5:5; Efe 1:18; 4:4; Flp 1:20; Col 1:5,23,27; 1Te 1:3; 5:8; 1Te 2:16; 1Ti 1:1; Tit 1:2; 2:13; 3:7; Heb 3:6; 6:11,18,19; 11:1; 1Pe 1:3,13,21; 3:15; 1Ju 3:3
PAGBABAGO NG BUHAY	Gaw 3:26; 10:1-48; 15:1-31; 16:25-34; 2Co 5:17; Efe 4:20; 1Te 1:9,10
PAGBABAGONG ANYO	Mat 17:2-9; Gaw 6:15; 2Pe 1:16-18
PAGBABASBAS	Luc 1:68-79; 24:50,51; 2Co 13:14; Heb 13:20,21
PAGBATI	Mat 5:47; 10:12; 23:7; Luc 1:41; 10:4; Gaw 18:22; Rom 16:3-23; 1Co 16:19-21; 2Co 13:12,31; Flp 4:21,22; Col 4:10-18; 1Te 5:26; 1Te 3:17; 2Ti 4:19,21; Tit 3:15; Flm 1:23; Heb 13:24; San 1:1; 1Pe 5:13,14; 2Ju 1:10,11,13; 3Ju 1:15
PAGDADALISAY	Mat 15:2; Mar 7:2-9; Luc 2:22; 11:38; Jua 11:55; Gaw 21:24,26; Rom 14:14,20,23; Heb 9:10,12-14,19-22; 10:22
PAGDAMAY	Luc 10:33-35; Jua 11:19-33; Gaw 20:35; Gal 6:2; Flp 2:1,2; San 1:27; Heb 10:24; 13:3 1Pe 3:8
PAGDURUSA NG MASASAMA	1Te 1:6; 2Pe 2:6
PAGGALANG	Mat 21:37; Luc 1:50; 23:40; Gaw 10:35; 13:16,26; Rom 11:20; 12:10; 2Co 7:1; Efe 5:21; 6:5; Flp 2:3,12; Col 3:22; Heb 5:5,7; 12:9,28-29; 13:7; 1Pe 1:17; 2:17,18; 3:2,15; Pah 11:18; 14:7; 19:5
PAGHAGUPIT	Mat 10:17; 20:19; 27:26; Gaw 16:23; 18:17; 21:32; 22:24; 2Co 11:24,25
PAGHAHALILI	Jua 15:13; Rom 5:8; 8:32; 9:3; Efe 5:2; 1Te 5:10; Tit 2:14; 1Pe 2:21,24; 1Ju 3:16
PAGHAHARI NI SATANAS	Mat 12:26
PAGHAHARI/ KAHARIAN NG DIYOS	Mat 8:11; 13:24-51; 18:3,4; Mar 11:10; Luc 1:33; 2:13; 17:21; 19:11; Jua 3:3; 8:23; 18:36,37; 1Co 15:24-28; 2Co 10:3-5; Flp 2:10,11; Heb 10:13; 12:23-28; Pah 5:9-14; 6:2; 11:15; 12:10; 14:6; 17:14; 19:6,11-21; 20:1-3
PAGHAHAYAG NG KASALANAN	San 5:16; 1Ju 1:9,10
PAGHAHAYAG NG PROPETA	Mat 2:17,18; 3:3; 5:18; 24:35; Luc 3:4-6; 18:31-33; 24:26,27,44; Jua 1:51; 12:15,16; 13:18,38; 18:9; Gaw 1:16,20; 2:1,6-21; 13:27-29; 28:25-27; 1Ti 1:18; 1Pe 1:10,11; 2Pe 1:20,21; 2:1; 3:3; 1Ju 2:18; Jud 1:14,15,17,18; Pah 1:3; 2:10; 11:3,6; 19:10; 22:7,10,18,19
PAGHALILI NI CRISTO	Jua 1:29; 11:50; Rom 3:23-26; 4:6,7; 6:10; 8:3; 2Co 5:21; Heb 5:3; 9:7-22; 1Pe 3:18

PAGHATOL NG DIYOS	Mat 3:12; 7:22,23; 8:29; 10:14,15; 11:22; 12:36-42; 13:30,40-43,49,50; 16:27; 21:33-41; 22:11-13; 23:14; 25:1-46; Mar 4:22; 6:11; 8:38; 13:32; 14:21; Luc 11:31,32,49-51; 12:47,48; 13:6-9,24-29; 19:12-27; 20:45-47; Jua 3:19,20; 5:45; Gaw 10:42; 17:31; Rom 2:5-10,12-16; 8:1; 14:10-12; 1Co 3:8-15; 2Co 5:10; Gal 6:5-10; Efe 6:7,8; 1Te 1:7,8; 2Ti 4:1,8; Heb 2:2,3; 9:27; 10:26-30; San 2:12,13; 1Pe 1:17; 4:5,6,17; 2Pe 2:4,9; 3:7-12; 1Ju 4:17; Jud 1:6,14,15,24; Pah 2:27; 11:18; 20:11-15; 22:12
PAGHATOL SA TAO	Mat 7:1-5; Luc 6:37,41-44; 7:39; Jua 8:15; Rom 14:10,13; 1Co 5:3,4; 10:29; 11:13; San 4:11,12
PAGHATOL SA SARILI	Mat 21:33-41; 23:31; 25:24-27; Mar 12:1-12; Luc 19:21,22; Jua 8:7-9; Gaw 22:24; Rom 2:1; 1Ju 3:20
PAGHIHIGANTI	Mat 5:38-44; 7:1,2; Mar 6:19-24; 9:42-48; Luc 9:52-56; 21:22; Gaw 7:54-59; 23:12; Rom 12:17,19; 1Co 6:7,8; 1Te 1:6-10; 5:15; 1Pe 2:23; 3:9; Jud 1:6,7,14,15; Pah 6:17; 8:13; 18:10; 19:11-16
PAGHIHINTAY	Mar 15:43; Luc 12:36,37; Gaw 1:4; Rom 8:19,23; 1Co 1:7; Gal 5:5; 1Te 1:10; San 5:7
PAGHIHIRAP PARA KAY CRISTO	Gaw 9:16; Rom 8:17-23,26; 1Co 4:12,13; 2Co 1:7; 4:11-18; Flp 1:29; 2:27-30; 3:10; Col 1:24; 1Te 1:4,5; 1Ti 4:10; 2Ti 2:9,12; Heb 11:26,36-38; San 5:10; 1Pe 4:13,14; 5:10
PAGHIHIWALAY NG MAG-ASAWA	Mat 5:31,32; 19:3-12; Mar 10:2; Luc 16:18; 1Co 7:10-17
PAGHUGAS NG PAA	Luc 7:37,38,44; Jua 13:5; 1Ti 5:10
PAGHUHUGAS	Mat 27:24; Jua 13:10; 1Co 6:11; Efe 5:26; Tit 3:5
PAG-IBIG SA DIYOS/KAY JESUS	Mat 10:37,38; 22:37,38; Mar 12:29,30; Luc 2:29,30; 7:47; 11:42; Jua 5:42; 8:42; 14:15,21,23; 15:9; 16:27; 17:26; 21:17; Gaw 21:13; Rom 5:5; 8:28; 1Co 8:3; 16:22; 2Co 5:14,15; Gal 5:6; Efe 3:17-19; 4:15; 6:24; Flp 1:9; Col 1:8; 1Te 3:5; 2Ti 1:13; 4:8; Flm 1:5; Heb 6:10; San 1:12; 2:5; 1Pe 1:8; 1Ju 2:5,15; 3:17,18; 4:12,16-21; 5:1-3; 2Ju 1:6; Jud 1:21; Pah 2:4
PAG-IBIG SA KAPWA TAO	Mat 5:41-47; 7:12; Mar 9:41; 12:31; Luc 6:31-35; 10:30-37; Jua 13:34,35; 15:12,13,17; Rom 12:9,10; 13:8-10; 1Co 8:1; 13:1-14:1; 2Co 8:7; Gal 5:13,14,22; Efe 5:2; Flp 1:9; 2:2; Col 2:2; 1Te 1:3; 3:12; 4:9; 1Ti 1:5; 4:12; 2Ti 2:22; Tit 3:15; Flm 1:12-16; Heb 10:24; 13:1; San 2:8; 1Pe 1:22; 2:17; 4:8; 2Pe 1:7; 1Ju 2:9-11; 3:11-23; 4:7-21; 5:1,2; 2Ju 1:5
PAGIGING-ALAGAD	Mat 10:24,25,32-39; Luc 14:26,27,33; Jua 8:31; 13:35; 15:8; 21:15-19

PAGIGING-KATIWALA	Mat 6:19-21,24-34; 19:16-22; Luc 16:10-13; Rom 12:17; 13:8; 14:7,8,12; 1Co 6:20; 2Co 8:3-8; 9:6-8; Flp 4:19; 1Ti 6:6-10; Heb 6:12; 13:5; 3Ju 1:2
PAGIGING-MAPAGBANTAY	Mat 6:1; 16:6; 18:10; 24:4,42-51; 25:13; 26:40,41; Mar 4:24; 13:9-23,32-37; Luc 8:18; 11:35; 12:15,35-40; 21:8-36; Gaw 20:28-31; Rom 11:21; 13:11; 1Co 7:29-31; 9:27; 10:12; 11:28; 16:13; Gal 6:1; Efe 5:15; 6:18; Flp 3:2; 4:5; Col 4:2,17; 1Te 5:4,6,21; 1Ti 4:16; 2Ti 4:5; Heb 2:1; 3:12; 12:15; 1Pe 1:13,17; 4:7; 5:8; 2Pe 1:19; 3:17; 2Ju 1:8; Jud 1:20,21; Pah 3:2,3,11; 16:15
PAGIGING-SAKDAL	Mat 5:6,48; 19:21; Luc 1:6; 6:40; Jua 1:47; 1Co 2:6; 2Co 7:1; 13:9,11; Efe 4:11-13; Flp 1:10; 2:15; 3:12-15; Col 1:21,22,28; 2:9-11; 3:14; 4:12; 1Te 3:10,13; 2Ti 2:1; 3:17; Heb 6:1; 10:14; 13:20,21; San 1:4,25; 3:2; 1Pe 5:10; 1Ju 2:5; 3:6-10; 4:12; 5:18
PAG-IISIP, MAAYOS NA	Rom 12:3; 1Te 5:6,8; 1Ti 3:2,3; Tit 1:8; 2:2,5,6,12; 3:1; 1Pe 1:13; 4:7; 5:8
PAG-INOM NG ALAK	Mat 11:18,19; Luc 1:15; 7:33
PAGKA-AKIT NG SALAMANGKA	Gaw 8:9; 13:6-12; 16:16; 19:13,19; 2Ti 3:8
PAGKABAHA-BAHAGI	Jua 7:43; Rom 16:17; 1Co 1:10-13; 3:3,4; 11:18,19; Tit 3:10,11
PAGKABIGO	Mat 17:15-20; Mar 9:24-29; Luc 14:28-32; Heb 4:6
PAGKA-ESPIRITUWAL	Mat 5:6; Luc 10:42; Jua 6:27; 14:16,17; Rom 8:4-17; 14:17; 1Co 2:15; 3:1,2; 7:29-31; Gal 5:18,22,23,25; 6:1; Col 3:1-3
PAGKAHIWALAY	Luc 6:22; Rom 8:35,39; 12:2; 16:17; 1Co 5:11; 2Co 6:14-18; 1Te 3:6-15; Tit 3:10; Heb 7:26; San 4:4; 1Pe 1:14; 1Ju 2:15-17; 2Ju 1:9-11
PAGKAIN	1Co 3:2; 8:8; 10:3,27,31; Heb 5:12-14
PAGKAKAIBIGAN	Mat 26:48-50; Jua 15:13-15; San 4:4
PAGKAKAISA, MGA MANANAMPALATAYA	Mat 23:8; Gaw 4:32; Rom 12:16; 14:19; 15:5,6; 1Co 1:10; 12:12,25; 2Co 13:11; Efe 3:6; 4:3-6; Flp 1:27; 2:2; 3:16,17; 1Pe 3:8
PAGKAKALOOB SA DIYOS	Mat 6:1-4; 1Co 9:7,9-11; 16:2; 2Co 8:11,12,14; 9:6,7
PAGKAKANULO NI JUDAS	Mat 26:14-16,45-50; Jua 13:21-27
PAGKAKASALA NG TAO	Rom 5:12-21; 1Co 15:21,22; 2Co 11:3; 1Ti 2:14
PAGKAKATAON	Mat 10:14,15; 11:20-24; 23:34-38; 25:1-46; Luc 12:47; 13:25-28; 14:16-24; 19:12-27
PAGKALUMPO	Mat 11:5; 15:31; 21:14; Luc 7:22; Gaw 3:2-11; Heb 12:13

PAGKAMAKA-DIYOS	2Co 1:12; 7:11; 11:2; 1Ti 2:2,10; 4:7,8; 6:3,5,6,11; 2Ti 3:5,12; Tit 1:1; 2:12; 2Pe 1:3,6,7; 2:9; 3:11
PAGKAMAKA-SARILI	Mat 19:21,22; Luc 6:32-34; Rom 14:15; 15:1-3; 1Co 10:24; 2Co 5:15; Gal 6:2; Flp 2:4,20,21; 2Ti 3:2-4; San 2:15,16; 1Ju 3:17
PAGKAMANGHA	Mat 12:22,23; 19:25; Mar 15:5; Gaw 3:7-10; 9:19-21
PAGKA-MAPAGBIGAY	Mat 25:40; Luc 6:38; 8:2,3; 10:30-35; 12:33,34; 16:9; 21:2-4; Gaw 4:32-37; 20:35; Rom 12:8,13; 15:27; 2Co 8:1-9,12; 9:12; Gal 6:10; Efe 4:28; Flp 4:14-18; 1Ti 6:17-19; Heb 6:10; 13:16; 1Ju 3:17,18
PAGKA-MARTIR	Mat 10:21,22,39; 16:25; 22:6; 23:34,35; 24:9; Mar 6:18-28; 13:12; Luc 9:24; 11:50; 21:16,17; Jua 12:25; Gaw 7:58-60; 12:2; Rom 8:36; 11:3; 1Co 13:3; 1Te 2:15; Heb 11:32-37; Pah 6:9-11; 11:7-12; 12:11; 16:6; 17:6
PAGKAMUHI	Mat 5:43,44; 6:15; 10:22; Jua 15:18,19,23-25; 17:14; Gal 5:19,20; Efe 4:31; Col 3:8; 1Ju 2:9,11; 3:10,13-15; 4:20
PAGKASI	Mat 24:35; Luc 12:11,12; Jua 10:34-36; 2Ti 3:15-17; Heb 1:1; 3:7; 1Pe 1:10-12; 2Pe 1:20,21; Pah 1:10,11
PAGKASIRA, MGA BAGAY	Mat 6:19,20; Luc 6:43-45; 1Co 15:42,50; 1Pe 1:18,23
PAGKATALAGA SA DIYOS	Rom 12:1,2
PAGKATAWANG-TAO NI JESUS	Mat 1:1,16-18,23; 2:5,6; 8:20; 13:55,56; 22:45; Luc 1:26-35,38-56; 2:1-21; 3:23-38; 24:39; Jua 1:14; 7:42; 16:28; 20:27; Gaw 2:30; 3:22; 13:23,33; Rom 1:3; 8:3; 9:5; 1Co 15:47; 2Co 5:16; Gal 3:16; 4:4; Flp 2:7,8; Col 1:15; 1Ti 3:16; Heb 1:3,6; 2:9-17; 7:14; 10:5; 1Ju 1:1-3; 4:2,3; 2Ju 1:7; Pah 22:16
PAGKAWASAK	Rom 3:16; 9:22; 1Co 5:5; Flp 3:18,19; 1Te 5:3; 1Te 1:9; 1Ti 6:9; 2Pe 2:1,12
PAGKILALA NG MABUTI AT MASAMA	1Co 2:6,7,14,15; Efe 4:13; 1Te 5:21; Heb 5:14; 1Ju 4:1-6
PAGLAGPAS, KAPISTAHAN NG	Mat 26:2,15,17-20,26-28; Mar 14:12-25; Luc 2:41-50; 22:7-20; Jua 2:13,23; 6:4; 13:1; 18:28; 19:14; Gaw 12:3; 1Co 5:7,8; 1Pe 1:19
PAGLALABAN-LABAN	Luc 22:24; Gaw 15:37-40; 1Co 1:11; 2Co 12:20; Gal 5:20; Flp 2:3,14; Col 3:13; 1Ti 6:4; 2Ti 2:24-26; Tit 3:9; San 3:16; 4:1,2
PAGLALASING	Mat 11:19; 24:49; Luc 21:34; Gaw 2:13-15; Rom 13:13; Gal 5:19-21; Efe 5:18; 1Te 5:7,8
PAGLAPASTANGAN SA BANAL NA ESPIRITU	Mat 12:30-32; Mar 3:28-30
PAGLAPASTANGAN SA DIYOS	Mat 26:65; Luc 22:65; Gaw 6:11,13; Rom 1:28-32; 1Ti 1:13,20; Pah 16:21

PAGLAPIT SA DIYOS	Mat 6:6; Jua 10:7,9; 14:6; Gaw 14:27; Rom 5:2; Efe 2:13,18; 3:12; Col 1:21,22; Heb 4:16; 7:19,25; 10:19,22; 11:6; San 4:8; 1Pe 1:17; 3:18; 1Ju 4:16
PAGLIBING KAY JESUS	Mat 26:12; 27:57-60; Mar 14:8; Jua 12:7; 19:41
PAGLILIWANAG NG KASULATAN	Gaw 8:30; 26:17,18; 1Co 2:10-16; 2Co 4:6; Efe 1:18; 1Ju 2:20,27
PAGLULUKSA	Mat 2:17,18; 9:23; 26:65; Gaw 14:14
PAGLUWALHATI SA DIYOS	Mat 5:16; 15:31; Jua 12:28; 15:8; 21:19; Gaw 4:21; 11:18; 12:23; 19:17; Rom 1:21; 3:23; 4:20; 11:36; 15:6,9; 1Co 1:31; 6:20; 10:31; 2Co 9:13; Gal 1:24; Flp 1:11; 1Te 1:12; 1Pe 2:12; 4:11,14,16; Pah 14:7
PAGMAMALAKI	Mat 20:26,27; 23:6-8,10-12; Mar 7:21,22; 10:43; 12:38,39; Luc 1:51,52; 9:46; 11:43; 14:8,9; 18:14; 20:45-47; Rom 1:22,29,30; 11:17-21,25; 12:3,16; 1Co 1:29; 3:18; 4:6-8; 5:2,6; 8:1,2; 10:12; 13:4; 2Co 10:5,12,18; 12:7; Gal 5:26; 6:3; Flp 2:3; 1Ti 2:9; 3:6; 6:3,4,17; 2Ti 3:2,4; San 3:14; 4:6; 1Pe 5:3,5; 1Ju 2:16; Pah 3:17,18; 18:7,8
PAGMAMALUPIT	Mat 2:13; 5:10-12,44; 10:16-23,28; 12:14,24; 13:21; 20:22,23; 24:8-10; 26:3,4,14-16,59,67; 27:25-30,39-44; Jua 7:7-32; 8:37-59; 10:20,31,39; 15:18-25; 16:1-3; Gaw 4:16-20; 5:29,40-42; 7:52; 8:4; 13:50; 26:9-11; Rom 8:35-37; 1Co 4:9-13; 13:3; 2Co 4:8-12; 6:4,5,8-10; Gal 4:29; 5:11; 6:12; Flp 1:12-14; 1Te 2:15; 2Ti 3:10-12; Heb 10:32-34; 12:2,3; San 5:6,10; 1Pe 3:14,16,17; 4:1,3,4,12-14,16,19; 1Ju 3:1,13; Pah 6:9-11; 7:13-17; 12:11,13
PAGMAMATAAS	Mat 23:12; 1Co 4:6-14; 2Co 10:5; San 1:9; 1Pe 5:6
PAGNANASA, MAKALAMAN	Luc 12:19,20; 16:19,25; Rom 8:7; 1Co 15:32,33; San 5:5; 2Pe 2:13; Jud 1:18,19
PAGNANASA, MASAMA	Mat 5:28; Mar 4:19; Jua 8:44; 1Co 9:27; 10:6,7; Efe 4:22; 1Ti 6:9; 2Ti 2:22; 4:3,4; Tit 2:12; San 1:14,15; 4:1-3; 1Pe 2:11; 4:3; 2Pe 2:18; 3:3; 1Ju 2:16,17; Jud 1:16,18
PAGPAGING-MATUWID	Rom 3:21-30; 4:3-25; 5:1,9,11-21; 6:22; 8:1,30,31,33,34; 10:1-5; 1Co 1:30; 6:11; 2Co 5:19,21; Gal 2:14-21; 3:6-24; Flp 3:8,9; Tit 3:7
PAGPAKO SA KRUS KAY CRISTO	Mat 17:22,23; 21:33-39; 26:2,28; 27:46; Mar 8:31; 10:45; 15:13,15,24,28; Luc 9:31; 18:32; 23:32,33; Jua 3:14-17; 10:17,18,22; 11:49-52; 12:31-34; 15:13; 19:15,16,30,34,36; Gaw 5:30,31; Rom 4:25; 5:6-11; 6:3-5; 8:3,32,34,39; 14:9,15; 1Co 1:17-24; 2:2; 5:7; 6:20; 8:11; 15:3,4; 2Co 4:10,11; 8:9; Gal 1:4; 2:20; 3:13; 4:4,5; Efe 1:6,7; 2:13-16; 5:2,25-27; Col 1:14,20-22; 2:14,15; 1Te 1:10; 4:14; 5:9,10; 1Ti 2:6; Tit 2:14; Heb 1:3; 2:9-18; 7:27; 10:10-20; 12:2; 13:11,12; 1Pe 1:18-21; 2:21,24; 4:1; 1Ju 1:7; 2:2; 3:16; Pah 5:12; 13:8

PAGPALO	Heb 12:5-11; Pah 3:19
PAGPAPAGAL	Mat 20:1-15; Luc 10:7; Gaw 20:35; 1Co 9:9; 15:58; Efe 4:28; Flp 2:16; 1Te 4:11,12; 1Te 3:7-13; 1Ti 5:17,18; San 5:4
PAGPAPAGING-BANAL	Jua 17:17,19; Gaw 4:13; 26:17,18; Rom 15:16; 1Co 1:2,30; 6:11; 13:1-13; 2Co 1:21,22; Gal 2:20; 4:19; 6:14; Efe 1:3,4; 3:19; 4:7,12,13,15,16; 5:25-27; Col 2:11; 1Te 4:3,4; 5:23; 1Te 2:13,14; 2Ti 2:11,21; Heb 2:11; 9:14; 10:10,14; 12:10; 13:12,21; 1Pe 1:2; 2Pe 1:2-4; 1Ju 1:9; 5:18; Jud 1:24; Pah 7:14
PAGPAPAHAYAG, ESPIRITUWAL NA KALOOB	Gaw 19:6; Rom 12:6; 1Co 12:10,28,29; 13:2,8; 14:1-40; Efe 2:20; 3:5; 4:11; 1Te 5:20
PAGPAPAHIRAM	Mat 5:42; Luc 6:34,35
PAGPAPAIMBABAW	Mat 6:1,2,5,16,24; 7:5,21; 15:7-9; 22:18; 23:2-33; 24:50,51; Mar 12:38-40; Luc 6:46; 11:39-52; 12:1,2,54-56; 13:13-17,26,27; 20:46,47; Rom 2:1,3,17-29; 2Co 4:2; 5:12; 1Ti 4:2; 2Ti 3:5,13; Tit 1:16; San 1:22-24,26; 3:17; 4:7,8; 1Pe 2:1; 2Pe 2:1-3,17,19; 1Ju 1:6,10; 2:4,9,19; 4:20; Jud 1:12,13; Pah 2:9; 3:1,9
PAGPAPAITAAS NI JESUS SA LANGIT	Luc 24:51; Jua 6:62; 7:33; 8:21; 13:36; 14:2,28; 16:28; 20:17; Gaw 1:9-11
PAGPAPAKAMATAY	Mat 4:5,6; 27:5; Luc 4:9-11; Gaw 1:18; 16:27; Pah 9:6
PAGPAPALA	Mat 5:3-11; Luc 1:42-45; Gaw 20:35; Rom 4:7,8; Pah 1:3
PAGPAPALAKAS NG LOOB	Gaw 4:36; 11:23; 15:31,32; 16:40; 18:27; Rom 1:12; 15:4,5; Flp 2:1,19; Col 2:2; 4:8,11; 1Te 3:2; 5:11,14; Tit 2:4; Heb 3:13; 6:18
PAGPAPASAKOP	Mat 26:39,42; Efe 5:21,22; Heb 5:8; 13:17; San 4:7; 1Pe 2:13; 5:5
PAGPAPASALAMAT SA DIYOS	Mat 11:25; 26:27; Luc 2:28,38; 17:15,16; Jua 6:11; 11:41; Gaw 27:35; Rom 1:8,21; 2:4; 6:17; 7:23-25; 14:6,7; 15:27; 1Co 1:4; 10:30; 14:16; 15:57; 2Co 1:11; 2:14; 9:11,15; Efe 1:16; 5:4,19,20; Flp 1:3-5; 4:6; Col 1:3-6,12; 2:7; 3:15-17; 4:2; 1Te 1:2; 2:13; 5:18; 1Te 1:3; 1Ti 1:12; 2:1; 4:3-5; 2Ti 1:3; Flm 1:4; Heb 13:15; San 1:9; Pah 4:9; 7:11,12; 11:16,17
PAGPAPASALAMAT SA TAO	Rom 16:1-4; Efe 1:16; Flp 4:10,11,14-19; 2Ti 1:16-18
PAGPAPATAWAD SA KASALANAN	Mat 6:12-14; 26:28; Luc 1:77; 5:21-24; 6:49; 24:47; Jua 20:23; Gaw 2:38; 10:43; Rom 3:25,26; Col 1:14; Heb 9:22; 1Ju 2:12
PAGPAPATAWAD SA ISA'T ISA	Mat 18:21,22,33; Mar 11:25,26; Luc 17:3,4; 2Co 2:7-10; Efe 4:32; Col 3:13; 2Ti 4:16; San 5:15,16

PAGPAPATAWAD SA KAAWAY	Mat 5:39-41,43-48; Luc 6:27-37; Rom 12:14,17,19-21; 1Co 4:12,13; 1Pe 3:9
PAGPAPATIBAY	Gaw 20:32; Rom 14:19; 15:1,2; 1Co 8:1; 14:4-12; 2Co 10:8; 12:19; Efe 4:12; 1Te 5:11
PAGPATAY NG TAO	Mat 2:16; 5:21,22; 14:10; 15:19; 19:18; Mar 7:21; 10:1915:7; Luc 18:20; Rom 13:9; Gal 5:19-21; 1Ti 1:9; San 2:11; 1Pe 4:15; 1Ju 3:12,15; Pah 9:21; 21:8; 22:15
PAGPATAY SA MAKASALANANG GAWA	Rom 6:6,11,17-19; 7:4; 8:13; 13:14; Col 3:5
PAGPILI	Mat 24:22,31; Jua 15:16; 17:6; Gaw 9:15; Rom 9:11-16; Efe 1:4; 1Te 1:4; 1Te 2:13
PAGPIPIGIL SA SARILI	Luc 8:35; Rom 12:3; 1Co 9:27; 1Te 4:3,4; 1Pe 2:11; 2Pe 1:6
PAGPUPURI SA DIYOS	Luc 1:46-55,67-75; 2:13,14,20; 17:15,16; 19:37,38; 24:52,53; Gaw 2:46,47; 4:24; 16:25; Rom 11:36; 16:27; 1Co 15:57; Efe 1:3; 3:20,21; 5:19; Flp 4:20; 1Ti 1:17; Heb 2:12; 13:15; San 5:13; 1Pe 1:3; 2:9; 4:11; 5:11; 2Pe 3:18; Jud 1:25; Pah 1:6; 4:8-11; 5:9-14; 7:9-12; 11:16,17; 14:7; 15:3,4; 19:1-7
PAGSAKDAL	Mat 5:25,26; 1Co 6:1-8
PAGSAMBA SA DIYOS	Mat 4:10; Jua 4:24; Rom 12:1; Heb 12:28; Pah 14:7
PAGSAMBA, MALING PARAAN	Jua 4:22; Gaw 10:25,26; 14:12; 17:23-25; Rom 1:25; Col 2:18; 1Te 2:3-12; Pah 13:4-15; 19:10; 22:8
PAGSAMBA, TAMANG PARAAN	Mat 2:1-2,11; 4:10; 15:25; 28:17; Luc 24:53; Jua 4:20-24; 9:38; Gaw 17:24,25; Flp 3:3; 1Ti 2:8; Heb 1:6; 12:28; 1Pe 2:5; Pah 4:10,11; 14:6,7; 15:4; 19:10; 22:8
PAGSASALITA SA IBANG WIKA, KALOOB NG ESPIRITU	Gaw 2:1-40; 10:46; 19:6; 1Co 12:8-10,28-30; 13:1,8; 14:1-40
PAGSASAMA-SAMA NG MGA MANANAMPALATAYA	Gaw 2:44-47; Rom 1:12; 14:1-4,10,13-16,18-21; 15:1-7; Col 3:16; Heb 10:24,25; San 5:16; 1Ju 1:3,7
PAGSAWAY	Mat 3:7-12; 14:3,4; 16:1-4; 18:15-17; 21:17-20; 23:1-39; Luc 9:55; 17:3,4; Jua 7:7; Gaw 7:51-53; 8:20-23; 13:9-11; 16:37-40; 23:3; Gal 4:16; Efe 4:15; 5:11,13; Flp 3:1; 1Te 5:14; 1Ti 5:1,2,20; 2Ti 4:2; Tit 1:13; Heb 3:13; Pah 11:10
PAGSISISI	Mat 3:2; 4:17; 5:4; 9:13; 12:20; Mar 1:4,15; 6:12; Luc 3:3; 4:18; 5:32; 10:13; 13:1-5; 15:1-10,18,21; 18:10-14; 23:39-42; 24:47; Gaw 2:38,40; 3:19; 5:31; 8:22; 17:30; 20:21; 26:20; Rom 2:4; 11:23; 14:11; 2Co 7:9-11; Efe 5:14; 2Ti 2:25; Heb 6:1; San 4:8-10; 1Ju 1:9; Pah 2:5,22; 3:2,3,19
PAGSISITSIT	Rom 1:29; 2Co 12:20; 1Ti 5:13

PAGSUBOK	Mat 5:10-12; Jua 16:33; Rom 5:3; 8:18,35; 12:12; 1Co 10:13; 2Co 1:8-10; 12:7-10; 1Te 1:6; 3:3; San 1:3,4,12; 1Pe 1:6-9; 4:12-16; 5:10; Pah 2:9,10
PAGSUNOD	Mat 5:19; 8:27; 12:50; Mar 1:27; Luc 6:46-48; 8:21; Jua 13:17; 14:15,21,31; 15:14; Gaw 5:29,36,37; 26:19; Rom 5:19; 6:17; 15:18; 1Co 14:34,35; 7:15; Gal 3:10,12; 5:7; Efe 2:10; 6:1,5; Flp 2:12; 1Te 1:8; Tit 1:1; Heb 13:17; San 1:22-25; 2:10-12; 3:3; 1Pe 1:22; 2:13,14; 1Ju 2:3; 3:22,24; Pah 22:14
PAGSUSUMAMO/ PAGTATAGUBILIN	Rom 12:8; 1Te 2:3,4; 2Ti 4:2-5; Tit 2:15; Heb 3:13; 10:25; 13:22; Jud 1:3,4
PAGSUSURI SA SARILI	Mat 26:22; 1Co 11:27,28,31; 2Co 13:5; Gal 6:3-5
PAGSUWAY	Luc 1:17; Rom 1:30; 5:12-19; 2Co 10:6; Efe 2:2; 5:6; 2Ti 3:2; Tit 3:3; Heb 2:2
PAGTALIKOD	Mat 26:69-75; Gal 1:6,7; 3:1-5; 2Ti 4:10; Pah 2:4,5; 3:2,3
PAGTALIKOD SA DIYOS	Mat 26:56; Jua 6:66-70
PAGTANGGI SA SARILI	Mat 10:38; 16:24-26; Luc 14:33; 18:28-30; Gaw 20:22-24; Rom 8:13; 12:1,2; Gal 5:24; Efe 4:22; Col 3:5; Tit 2:12; Heb 11:25,26; 1Pe 4:1,2
PAGTANGIS	Mat 8:12; 22:13; 24:51; 25:30; 26:75; Luc 7:38; 19:41; Jua 11:2,25,33,35; 20:11-18; Gaw 20:19; Rom 12:15; 1Co 7:30; Flp 3:18; Pah 7:17
PAGTATAAS SA SARILI	Gaw 12:20-23; Luc 14:7-11; 18:14; 2Co 10:5,17,18; Gal 6:3; 1Te 2:4
PAGTATANGI	Gaw 10:28-35; 15:36-40; 1Ti 5:21; San 2:1-4
PAGTITIIS	Mat 18:26,29; Rom 2:4; 9:22; 1Co 13:4; 2Co 1:6; 6:6; Gal 5:22; Efe 4:2; Col 1:11; 3:12; 1Te 5:14; 1Ti 1:16; 2Ti 2:24; 3:10; 4:2; Heb 6:1215; San 5:7,8,10; 1Pe 2:20; 3:20; 2Pe 3:9,15
PAGTITIWALAG	Mat 18:15-17; Jua 9:19-23; 16:1,2; 1Co 5:1-13; 2Ju 1:10,11; 3Ju 1:9,10
PAGTITIYAGA	Mat 10:22; 24:13; Mar 13:13; Luc 8:15; 21:19; Rom 2:7; 5:3,4; 8:25; 12:12; 15:4,5; 1Co 13:4,7; 2Co 1:6; 6:4-6; 12:12; Gal 5:22; Efe 4:1,2; Col 1:11; 3:12,13; 1Te 1:3-4; 1Ti 6:11; 2Ti 2:10,12; 3:10; 4:2; Tit 2:2; Heb 10:32,36; 12:1-3,7; San 1:3,4,12; 3:12; 5:10-11; 1Pe 2:20; 2Pe 1:6; Pah 1:9; 2:2,4,19; 3:10; 13:10; 14:12
PAGTULAD	Efe 5:1; 1Te 1:6; 2:14; 1Te 3:7; 1Co 4:16; 11:1; Flp 3:17; 4:9; 2Ti 1:13; 3:10
PAGTULOG / KAMATAYAN	Mat 8:24; 9:24; 25:5; 26:45; Mar 4:38; 5:39; Luc 8:23,52; Jua 11:11-14; 1Te 4:14; 5:6,7
PAGTUTULI	Gaw 7:8; 15:1; 16:3; Rom 2:25-29; 3:1,2; 4:11; 1Co 7:19; Gal 5:1-4,11; Efe 2:11,15; Col 3:10,11

PAGTUTURO	Mat 6:25-30; Luc 4:16-21; 19:47; 20:1-18; 21:37,38; 24:27; Jua 7:14; 8:2; Gaw 22:3; Rom 2:18-20; 1Co 12:28,29; Gal 3:24,25; 4:1,2; 6:6; Efe 4:11,12; 6:4; 2Ti 3:15
PAG-USIG SA KASALANAN	Jua 16:7-11; Gaw 2:37; Rom 2:15; San 2:9
PAKIKIAPID	Mat 15:19; 1Co 5:9-11; 6:9,18; Pah 17:1-5
PAKIKIPAG-UGNAY SA DIYOS	Jua 14:23; 17:21,23; 2Co 6:16; 13:14; 1Ju 1:3,5-7; 3:24; Pah 21:3,4
PAMAHALAAN	Mat 22:17-21; 27:2; Luc 2:25; Gaw 5:29; 26:32; Rom 13:1-7; 1Ti 2:1,2; Tit 3:1; 2Pe 2:13-17
PAMAMAHAGI SA NANGANGAILANGAN	Mat 6:1-4; Luc 19:8; Gaw 9:36; 10:2; 1Ju 3:17
PAMATOK	Mat 11:29,30; Gaw 15:10; 2Co 6:14; Gal 5:1; 1Ti 6:1
PAMPAALSA	Mat 13:33; 16:6-12; Luc 13:21; 1Co 5:6-8; Gal 5:9
PANAGINIP	Mat 1:19,20; 2:12,13,19,22; 27:19; Gaw 2:17; Jud 1:8
PANALANGIN NG TAO	Mat 6:5-14; 7:7-11; 8:25; 18:19; 21:22; 23:14; Mar 9:28,29; 11:24; 12:40; Luc 18:1-14; 20:47; Jua 14:13,14; 16:23,24; Gaw 1:13,14,24,25; 3:1; 10:2; 12:12-16; 16:25; 20:36; 21:5; Rom 8:26; 1Co 14:15; 2Co 12:8,9; Efe 3:11,12; 6:18,19; Flp 4:6; Col 4:2; 1Te 5:17,18,25; 1Ti 2:1-3,8; Heb 4:16; San 4:3; 5:14-16; Jud 1:20; 1Ju1:9; 5:14,15; Pah 5:8; 8:3,4
PANALANGIN NI JESUS	Mat 11:25,26; 14:23; 15:36; 19:13; 26:26,27,36,39,42,44; 27:46; Mar 1:35; 6:41,46; 14:32-39; Luc 3:21; 5:16; 6:12; 9:18,28,29; 11:1; 22:32,41-44; 23:34; Jua 11:22,41,42; 12:27,28; 17:1-26; 1Co 11:24; Heb 5:7
PANALANGING NAMAMAGITAN	Mat 5:44; 6:10; 8:5-13; 15:22; Mar 6:55,56; Luc 4:38,39; Gaw 7:60; 8:15; Rom 1:9; 10:1; 1Co 1:3; 2Co 9:10,14; 13:7; Gal 1:3; 6:16; Efe 1:15-19; 3:14-19; 6:18; Flp 1:3-5,9,10; Col 1:3,4,9; 2:1,2; 4:12; 1Te 1:2; 3:10,12,13; 5:23; 1Te 1:11; 2:16,17; 3:5,16; 1Ti 2:1,2; 2Ti 1:3,18; 2:7; 4:16; Flm 1:4-6; Heb 13:18,20,21; San 5:14-20; 1Pe 2:5; 1Ju 5:16
PANANALITA, MABUTI	Mat 12:35,37; Luc 6:45; Efe 4:25,29; Flp 1:27; Col 4:6; San 1:19,26; 3:2,13; 1Pe 2:12; 3:15,16; Pah 14:5
PANANALITA, MASAMA	Mat 5:22,37; 12:34-37; Gaw 23:5; Rom 1:29,30; 3:13,14; 1Co 6:9,10; Efe 4:25,29,31; 5:4; Tit 1:10,11; 3:2; San 1:19,26; 3:5-11; 4:11; 1Pe 2:1; 3:9,10; 2Pe 2:7,8,10; 3Ju 1:9-11; Jud 1:8-10
PANANAMPALATAYA	Mat 8:10,26; 9:21,22; 21:21; Luc 8:15; 17:5,6; Jua 1:12,50; 3:12,15,16; 6:29; 8:24; 14:1; 17:20; 20:29-31; Gaw 14:22; 15:7; Rom 1:17; 4:12; 10:6-10,17; 14:23; 1Co 15:14,17; 2Co 1:24; 5:7;

	Gal 5:22,23; Efe 2:8; 1Ti 1:5; 4:10; Tit 1:4; Heb 11:1,6; San 2:17,19,20; 2Pe 1:1; 1Ju 5:4
PANDARAYA	Mat 2:7,8; 7:22; 22:15,16; Mar 14:70,71; Gaw 5:1-11; Rom 3:13; 2Co 11:3-15; Col 3:9; 1Te 2:9,10; 1Ti 4:1; 1Pe 2:22; 3:10; 1Ju 4:1-6
PANGAKO	Luc 24:49; Gaw 1:4; 2:33,39; 7:5,17; 13:23,32,33; 23:21; 26:6,7; Rom 1:2; 4:13,14,16,20,21; 9:4,8,9; 15:8; 2Co 1:20; 7:1; 9:5; Gal 3:14-22,29; 4:23,28; Efe 1:13; 2:12; 3:6; 6:2; 1Ti 4:8; 2Ti 1:1; Tit 1:2; Heb 4:1; 6:12,13,15,17; 7:6; 8:6; 9:15; 10:23,36; 11:9,11,13,17,33,39,40; 12:26; San 1:12; 2:5; 2Pe 1:4; 3:4,9,13; 1Ju 2:25
PANGANAY	Rom 8:29; 9:12,13; Col 1:15; Heb 1:6; 12:16,23; Pah 1:5
PANGANGALUNYANG ESPIRITUWAL	San 4:4
PANGANGALUNYANG PISIKAL	Mat 5:27-28; 19:9; Jua 4:17-18; 8:1-11; Heb 13:4
PANGANGARAL	Mar 1:14,15; 10:27; Luc 11:32; Gaw 17:3,16-18; Rom 1:15,16; 10:14,15; 1Co 1:17-29; 2:1-8,12,13; 9:16,18; 15:2,11; Gal 1:6-9; Col 1:23-29; 1Te 1:5; 2:3-12; 2Ti 2:15,16; 4:1,2; Tit 1:3; Heb 4:2
PANGANGARAL NG EBANGHELYO	Mat 28:19,20; Mar 16:15; Luc 10:2,3; 24:47,48; Gaw 1:8; 5:42; 6:7; 12:24; 2Co 5:18-20; 6:11; 1Pe 3:15; Jud 1:23
PANGITAIN	Mat 17:1-9; Luc 1:11-22; Jua 1:14,32-34; Gaw 2:17-18; 7:55,56; 9:3-6,10-12; 10:3,9-18; 16:9,10; 18:9,10; 22:17-21; 26:19,20; 1Co 9:1; 2Co 12:1-4; Heb 1:1-4; Pah 1:1,10-20
PANGKUKULAM	Mat 24:24; Gaw 8:9-11; 13:8; 16:16; 19:13-15,19; Gal 5:20; 1Te 2:9
PANININIRANG PURI	Mat 5:11; 12:36; 26:59,60; Mar 14:64; Luc 6:45; 22:65; 23:2,5; Jua 5:18; 8:48,52; 10:20; 19:1-5; Rom 1:30; 3:8; 1Co 4:13; 6:10; 2Co 6:8; 12:20; Efe 4:31; 1Ti 3:11; 5:13; Tit 2:3; 3:1; San 4:11; 1Pe 2:1,12; 3:10,16; 4:4; 2Pe 2:10; Jud 1:8; Pah 12:10
PANTAS	Mat 2:1-12
PANUNUMPA	Mat 5:33-37; 14:3-12; 23:18-22; 26:63; Mar 6:26; 14:71; Luc 1:73; Gaw 18:18; 23:12-15,21; 2Co 1:23; Gal 1:20; Heb 3:11,18; 4:3; 6:13-17; 7:21,28; San 5:12; Pah 10:5,6
PANUNUNGAYAW	Luc 6:28; Rom 12:14; Jas 3:9
PANUNUYA	Mat 12:24; 26:67-68; 27:28-31,39-44; Mar 3:22; 10:34; 14:65; 15:17-20,29-32; Luc 4:23; 11:15; 16:14; 22:63-65; 23:11,35,36; Jua 19:2,3,5; Gaw 2:13; 13:45; 17:18,32; Heb 10:29; 1Pe 2:23; 2Pe 3:3-4

PAPURING PAKUNWARI	Luc 6:26; Gaw 12:21-23; 24:2-4; 26:2,3; Gal 1:10; 1Te 2:4-6; Jud 1:16
PASANIN	Mat 23:4; Luc 11:46; Gal 6:2
PASTOL	Mat 25:32; Luc 2:8-20; Jua 10:1-18; Gaw 20:28; Heb 13:20; 1Pe 2:25; 5:2
PASTOR/ TAGAPANGASIWA	Gaw 11:30; 14:23; 15:2,4,6,22,23; 16:4; 20:17,28; 21:18; Efe 4:11,12; Flp 1:1; 1Ti 3:1-7; 5:17,19; Tit 1:5-9; Heb 13:17; San 5:14; 1Pe 5:1,5; 2Ju 1:1; 3Ju 1:1
PATNUBAY NG DIYOS	Luc 1:79; Jua 10:3,4; 16:13
PATOTOO	Mat 10:32; Mar 1:13; 5:16,19,20; Luc 8:16,38,39; 24:48; Jua 4:28-30,39-42; 8:18; 9:17,30-33; 15:27; 19:35; Gaw 1:8,22; 2:4-11; 3:15; 4:18-20; 5:31,32; 13:31; 22:1-30; 26:12-23; 1Co 1:5,6; 12:3; 15:15; 2Co 3:2; 4:13; Gal 2:20; Flp 3:4-14; 1Ti 6:12,13; 2Ti 1:8,12; 4:7; Heb 2:3,12; 11:2; 1Pe 3:15; 5:1,12; 2Pe 1:16; 1Ju 1:1-4; 5:9; Pah 12:11
PEDRO	Mat 4:18-20; 8:14; 14:28-31; 16:16-19,22,23; 17:1-4; 18:21; 26:33-46,51,58,69-75; Mar 1:36,37; 10:28; 11:20; 14:66-72; 16:7; Luc 5:1-10; 8:45; 12:41; 22:33; Jua 13:6-11,36-38; 20:2-6; 21:1-23; Gaw 1:13,15-22; 2:14-40; 3:1-26; 4:1-23; 5:1-11,17-42; 8:14-25; 9:32-43; 10:5-48; 11:1-18; 12:3-19; 15:7-11; 1Co 15:4,5; Gal 1:18; 2:9,11; 1Pe 1:1; 2Pe 1:1,16-18
PENTECOSTES	Gaw 2:1; 20:16; 1Co 16:8
PERGA	Gaw 13:13,14; 14:25
PERGAMO	Pah 1:11; 2:12-17
PILAK	Mat 10:9; 26:15; Mar 14:11; Gaw 19:19,24
PONTIO PILATO	Mat 27:2,24,57,58; Luc 3:1; 13:1; Jua 18:38; 19:22; Gaw 3:13; 4:27; 13:28; 1Ti 6:13
PRISCILA	Gaw 18:1-3,18,19,26; Rom 16:3-5; 1Co 16:19; 2Ti 4:19
PROPETA, BABAE	Luc 2:36-38; Gaw 21:9; Pah 2:20
PROPETA, BULAAN	Mat 7:15-20; 24:11; 2Pe 2:1,16; 1Ju 4:1; Pah 2:20; 16:13; 19:20; 20:10
PROPETA, TUNAY	Mat 10:41; 13:17,57; 23:34,37; Luc 1:70; 4:24-27; 10:24; 11:47,49,50; 13:34; 16:29; Jua 4:44; Gaw 21:10; Rom 16:26; 1Te 2:15; Heb 1:1; 11:32-40; 2Pe 1:21; 3:2; Pah 11:10,18; 16:6; 18:20,24; 22:6,9
PUSO	Mat 5:8,28; 12:34; 22:37; Gaw 8:21; 16:14; 28:26,27; Rom 1:21; 2:29; 6:17; 2Co 4:6; Efe 4:18; Col 3:16; 1Te 3:13; 1Ti 1:5; 2Ti 2:22; Heb 3:8,15; 4:12; 10:22; San 4:8; 1Pe 1:22; Pah 2:23
PUTONG	1Co 9:25; 1Te 2:19; 2Ti 2:5; Flp 4:1; Heb 2:7-9; San 3:12

	R
RABBI	Mat 23:7,8; Jua 1:38,49; 3:2,26; 6:25
RAHAB	Mat 1:5; Heb 11:31; San 2:25
ROMA	Gaw 18:2; 19:21; Rom 1:7,15; 16:5-15; Flp 1:13; 4:22; 2Ti 1:16,17; 4:19,21
	S
SABAT	Mat 12:1-8,10-12; 24:20; Mar 2:23,27,28; 6:2; 15:42; Luc 4:16,31; 6:5,6; 13:10-17; 14:1-6; 23:54,56; Jua 5:5-17; 7:21-24; 9:14,16,34; 19:31; Gaw 13:14,27,42,44; 15:21; 16:13; 17:2; 18:4; Col 2:16; Heb 4:1-11
SADUSEO	Mat 3:7-9; 16:6-12; 22:23-34; Luc 20:27-40; Gaw 4:1-3; 5:17-33; 23:6-8
SAHOD	Mat 10:10; 20:1-15; Luc 3:14; 10:7; Rom 4:4; 6:23; Col 4:1; San 5:4
SALAPI	Mat 2:11; 10:9; 17:27; 22:19-21; 25:15-28; Mar 6:8; 12:41; 14:11; Luc 9:3; 19:15,23; 22:5; Gaw 3:6; 8:18,20; 20:33; 1Ti 6:10; 1Pe 1:18
SALIGAN	Mat 7:24; 16:18; Luc 6:48; 1Co 3:10,11; Efe 2:20; 2Ti 2:19; Heb 11:10
SALMO	Luc 1:42-5568-79; 1Co 14:26; Efe 5:19; Col 3:16
SALOME, INA NI SANTIAGO AT JUAN	Mat 20:20,21; Mar 15:40; 16:1,2
SAMARIA	Mat 10:5; Jua 4:1-42; Gaw 1:8; 9:31; 15:3
SAMARITANO	Luc 10:29-35; 17:11-19; Jua 4:5-42; Gaw 8:5-25
SAMBAHAYAN	Mat 19:6; 1Co 11:3; Efe 5:22-33; 6:1-4; Col 3:18; 1Ti 3:4,5,12; 2Ti 1:5; 1Pe 3:1,6
SANTIAGO, ANAK NI ALFEO	Mat 10:3; 27:56; Mar 15:40
SANTIAGO, ANAK NI ZEBEDEO	Mat 4:21,22; 10:2; 20:20-23; 26:37; Mar 1:29; 3:17; 5:37; 13:3; 16:1; Luc 5:10; 8:51; 9:28,54; Jua 21:2; Gaw 12:2; 1Co 15:7;
SANTIAGO, ANAK NINA JOSE AT MARIA	Mat 13:55,56; Mar 3:18; Gaw 1:13,14; 15:13-21; 1Co 15:7; Gal 1:19; 2:9,12; San 1:1; Jud 1:1
SARA	Rom 9:9; Gal 4:22; Heb 11:11; 1Pe 3:5,6
SARDIS	Pah 1:11; 3:1-6
SARILING PAGMAMATUWID	Mat 7:22,23; 9:10-13; 16:6; 19:16-22; 22:12,13; 23:29-31; Mar 2:16; 8:15; 10:17-22; Luc 5:30; 7:36-50; 10:25-37; 15:2,25-32; 16:14,15; 18:9-14,18-23; Jua 8:33-59; 9:28-34,39-41; Rom 2:17-20; 3:27; 10:3; 11:19-21; 2Co 1:9; 10:17,18; Gal 6:3; 2Ti 3:2; Pah 3:17,18

SASERDOTE	Mat 26:3-6,14,15,47,57-68; 27:20; Luc 10:31; Gaw 4:6-21; 5:17-41; 22:5; Heb 5:1-4,6,10; 6:20; 7:1-21; 8:3; 9:6,7,22,23; 10:11; 1Pe 2:9; Pah 1:6; 5:10; 20:6
SASERDOTE, PINAKAPUNONG	Mat 26:3,57-62; Heb 2:17; 4:15,16; 5:1,4,5; 9:7,1112,24
SASERDOTE, PUNONG	Mat 26:3; 14:53; Mar 8:3; Luc 9:22; 20:19; Jua 7:3245; Gaw 5:24; 25:2; 26:10,12
SATANAS	Mat 4:1; 12:24-28; 13:19,38,39; 25:41; Mar 3:23-27; 4:15; Luc 13:16; Jua 8:44; 12:31; 13:2,27; 14:30; 16:11; Gaw 5:3; 26:18; Rom 16:20; 2Co 2:11; 4:4; 6:15; 11:3,14; Efe 2:2; 1Te 2:9; 1Pe 5:8; 1Ju 3:8; 5:19; Pah 2:9,24; 3:9; 9:11; 12:3,7-10; 20:2
SIDON	Mat 15:21-28; Mar 3:8; Luc 6:17; Gaw 12:20-23; 27:3
SILAS	Gaw 15:22-34,40,41; 16:19-40; 17:4-10,14,15; 18:5; 2Co 1:19; 1Te 1:1; 1Te 1:1; 1Pe 5:12
SIMBOLO	Mat 3:11,16; 16:14; 18:3; 26:26-29; 27:51; Jua 1:29,36; 3:5,8,14; 6:31-38; 7:38,39; Gaw 21:11; 1Co 5:7; 10:4; 12:12-27; Col 4:6; Heb 3:11,12; 4:5; 8:2,5; 9:1-12,18-24; 10:22; Pah 22:2
SIMEON	Luc 2:25-35
SINAGOGA	Mat 4:23; 6:2; 9:35; 13:54; 10:17; 12:9-13; 23:34; Mar 1:39; Luc 12:11; 4:15-33; 7:5; 13:10-14; Jua 9:22,34; 12:42; 16:2; 18:20; Gaw 6:9; 9:2,20; 13:5-44; 14:1; 17:1,2,10; 18:4,19,26; 22:19; 26:11; San 2:2; Pah 2:9; 3:9
SINAI	Gaw 7:30,38; Gal 4:24,25; Heb 12:18-21
SIRIA	Mat 4:24; Mar 7:26; Luc 2:2,3; Gaw 9:1-31; 15:41; 18:18; 21:3; Gal 1:21
SODOM	Mat 10:15; Luc 17:29; Rom 9:29; 2Pe 2:6; Jud 1:7
SOLOMON	Mat 1:6; 6:29; 12:42; Jua 10:23; Gaw 3:11; 7:47
SUGO	Mat 11:10; Mar 1:2; Luc 7:27
SUMPA	Jua 7:49; Gal 1:8,9; 3:10,13
SUNDALO	Mat 27:27-37,65,66; 28:12,15; Luc 3:14; 22:4; Jua 19:2,3,23,24,32; Gaw 12:4-6,19; 21:31-35; 22:24-28; 23:23,31-33; 27:1,31,42,43; 28:16; Efe 6:10-18; Flp 2:25; 2Ti 2:3,4
SUSI	Mat 16:19; Luc 11:52; Pah 1:18; 3:7; 9:1; 20:1
	T
TABERNAKULO	Gaw 7:44; Heb 8:5; 9:2-8,21,23; 13:10
TAGAPAGHANAP	Mat 5:6; 6:33; 7:7-12; Luc 6:21; 11:9-13; 13:24; 14:26-33; 16:16; Jua 6:37; Gaw 2:21; 17:27; Rom 3:11; 10:13; Heb 7:25; 9:28; 11:6; San 4:8; Pah 3:20; 21:6; 22:17

TAGAPAGLINGKOD NG DIYOS	Jua 21:15-17; Gaw 1:8; 6:1-6; 11:30; 14:23; 15:2,4,6,22,23; 16:4,9,10; 20:17,28; 1Co 1:17,23-30; 2:2; 3:5-15; 4:10-13; 9:16-27; 2Co 1:4-6; 2:15-17; 3:6-11; 4:1-15; 5:18-20; 6:1; 8:23; 9:6-18; 10:12-16; 11:3-15,23-33; Efe 3:7-11; 4:11,12; Flp 1:1,15,16; Col 1:9,24-29; 1Te 5:12,13; 1Ti 3:1-15; 4:13,15; 5:17,19; 2Ti 2:25; 4:2-5; Tit 1:5-9,13,14; 2:15; Heb 5:1-3; 13:17; San 5:15; 1Pe 4:10,11; 5:1-3; 2Ju 1:1; 3Ju 1:1
TAGAPAGLINGKOD, UPAHAN	Mat 9:37,38; 10:10; 20:1-8; Luc 10:2,7; 13:27; Jua 12:26; Gaw 19:25; 2Co 11:13; 1Ti 5:18; 2Ti 2:15; San 5:4
TAGAPAGMANA	Rom 8:14-17; Gal 3:29; 4:6,7,30; Tit 3:7; San 2:5
TAGAPAGPALIWANAG	1Co 12:10,30; 14:5,13,26-28
TAGAPAMAHALA	Mat 2:16-19; 14:1-11; 26:57-59; 27:11-27; Luc 13:31,32; 23:6-25,35,52; Gaw 4:5,6,17; 12:1-19; Rom 12:8; 13:1-7; 1Ti 2:1,2; 1Pe 2:13,14; Pah 17:8-18
TAGUMPAY	Jua 16:33; Gaw 2:29-36; Rom 7:25; 8:37; 12:21; 1Co 15:54,55,57; Gal 5:16-25; Flp 4:13; San 4:7; 1Ju 2:13,14; 5:4; Pah 2:7,11,26; 3:5,12,21; 11:7; 17:13,14
TAKOT SA DIYOS	Mat 10:28; Luc 1:50; 18:2,4; Gaw 9:31; 13:16,26; Rom 3:18; 2Co 5:11; 7:1; Efe 5:21; Heb 11:7; 1Pe 2:17; Pah 15:4
TAKOT SA TAO	Mat 14:27; 27:54; Luc 12:4,5,29,32; 21:26; 24:37; Jua 9:22; 20:19; Gaw 9:26; 27:17,24,29; Heb 2:15; 12:21; 1Pe 3:14
TALINGHAGA	Mat 10:16; 13:10-16; 13:34-50; 15:15; 13:36; Mar 4:10-13,26-29,30-34; 12:1-12; Luc 5:36-38; 7:40-43; 8:9-15; 10:25-37; 12:16-21; 15:11-32; 21:29-36
TANDA	Mat 1:21-23; 12:38-40; 16:1-4; 24:3,30; Mar 8:11,12; 13:4; Luc 2:12; Jua 2:11; 3:2; 4:48; 6:30; 9:16; 11:47; 12:37; Gaw 2:22,43; 5:12; Rom 4:11; 15:19; 1Co 1:22; 14:22; 1Te 2:9; 3:17; Heb 2:4; Pah 15:1
TAO	Mat 20:25-28; Mar 10:6,42-44; Gaw 9:27; 10:28; 17:26; 1Co 11:7; 15:47-49; Gal 3:28; 1Te 5:23; Heb 2:6-8; 4:12; San 3:9
TARANGKAHAN	Mat 7:13,14; 16:18; Gaw 7:58; 12:10; 14:13; Heb 13:12; Pah 21:12,13,21,25
TARSO	Gaw 9:11,30; 11:25,26; 21:39; 22:3
TATAK	Jua 6:27; Rom 4:11; 15:28; 2Co 1:22; Efe 1:13; 4:30; 2Ti 2:19; Pah 7:2-4
TEMPLO, ESPIRITUWAL	1Co 3:16,17; 2Co 6:16; Efe 2:21; 1Te 2:4; Pah 3:12
TEMPLO, MAKALANGIT	Pah 3:12; 11:1,2,19; 14:15,17; 15:5,8; 16:1

TEMPLO, PISIKAL	Mat 4:5-7; 21:12-16,23-46; 23:1-39; 24:1,2; 27:5,51; Mar 11:17; 12:35-44; 13:1; Luc 1:5-22; 2:22-39,42-52; 4:9-12; 18:10; 21:5; 22:52; 23:45; 24:53; Jua 2:15-17,19,20,22; 5:14-17; 7:14-28; 8:1-59; 10:23-38; 18:20; Gaw 2:46; 3:1-26; 4:1; 5:12,20,21,24,26,42; 7:46-50; 21:20-30,33; 22:17-21; Heb 10:20
TESALONICA	Gaw 17:1-13; 20:4; 27:2; Flp 4:16; 1Te 1:1; 1Te 1:1; 2Ti 4:10
TIBERIAS	Jua 6:1,23; 21:1
TIBERIO CESAR	Luc 3:1
TIMOTEO	Gaw 16:1,2,3; 17:14,15; 18:5; 19:22; 20:1-4; Rom 16:21; 1Co 4:17; 16:10,11; 2Co 1:19; Flp 1:1; 2:19-23; Col 1:1,2; Flm 1:1; 1Te 1:1; 3:2,6; 1Te 1:1; 1Ti 1:1-3,18; 4:14; 6:12; 2Ti 1:1-6; 3:15; Heb 13:23
TINAPAY NA HANDOG	Mat 12:3,4; Heb 9:2
TIPAN, BAGONG	Mat 26:28; 1Co 11:23-26; 2Co 3:6; Heb 7:19-28; 8:6,8-13; 9:15
TIPAN, LUMANG	Gal 3:10,13,16-25; Heb 8:7,9; 9:1-22
TIQUICO	Gaw 20:4; Efe 6:21,22; Col 4:7,8; 2Ti 4:12; Tit 3:12
TITO	Gaw 15:1-29; 2Co 2:13; 7:5-7,13-15; 8:6,16-23; 12:17,18; Gal 2:1-3; 2Ti 4:10; Tit 1:1-5; 3:12
TIYATIRA	Gaw 16:14; Pah 1:11; 2:18
TOMAS	Mat 10:3; Mar 3:18; Luc 6:15; Jua 11:16; 14:5; 20:24-29; 21:1,2; Gaw 1:13,14
TRADISYON NG CRISTIANO	1Co 11:1-23; 15:1-3; 1Te 2:15; 3:6,7; 1Pe 1:18; 2Pe 1:16-18
TRADISYON NG JUDIO	Mat 12:1-8; 15:2-20; Mar 7:3-9; Luc 6:1-11; Col 2:8
TROAS	Gaw 16:8,11; 20:5,6; 2Co 2:12; 2Ti 4:13
TRONO	Mat 5:34; 19:28; 23:22; 25:31; Gaw 2:30; 12:21; Heb 8:1; 12:2; Pah 1:4; 3:21; 4:2-10; 7:9-17; 14:3,5; 19:4; 21:5; 22:3
TRONO NG BIYAYA	Heb 4:16; 9:5
TRUMPETA	Mat 24:31; 1Co 14:8; 15:52; 1Te 4:16; Heb 12:19; Pah 1:10; 4:1; 8; 9:1-14; 10:7; 11:15
TUBIG	Mar 6:49-52; Jua 2:1-11; 4:10-15; 7:37-39; 19:34; Gaw 8:36-38; Efe 5:25,26; Pah 8:11; 12:15; 16:3-5; 17:1,15; 21:6; 22:17
TUKSO	Mat 4:1-11; 13:22; 18:6-9; 26:31,41; Mar 1:13; 4:15,17; 13:21,22; 14:38; Luc 11:4; 22:3,31,32; Jua 16:1,2; Rom 6:12-14; 7:5; 8:35-39; 12:21; 14:13,15,21; 1Co 7:5; 8:9-13; 10:13,28-32; 2Co 2:11; 11:3,14,15; 12:7; Gal 5:17; Efe 4:27; 6:11,13-17; 1Te 3:5; 1Ti 5:15; 6:9,10; 2Ti 3:13; Heb 2:18; 4:15; 12:3,4;

	San 1:2-4,12-16; 3:12; 4:7; 1Pe 1:6,7; 4:12; 5:8-10; 2Pe 2:9,18; 3:17; 1Ju 2:16,26; 4:4; Pah 3:10; 12:10,11,17
TUNGKULIN	Mat 10:11-15; 11:20-24; 12:37,41,42; 23:31-35; 25:14-30; 27:24,25; Mar 6:11; Luc 9:5; 10:10-15; 11:31,32,49-51; 13:6-9; 19:12-27; 21:1-4; Jua 3:18,19; 9:41; 12:48; 15:22-24; Gaw 17:30,31; Rom 12:3,6-8; 1Co 3:8,13-15; Gal 6:5; Efe 4:7; 1Ti 6:20; Pah 2:23
TUPA	Mat 9:36; 10:6,16; 18:11-13; 26:31; Mar 14:27; Luc 15:4-7; Jua 10:1-16
	U
UBAS/UBASAN	Mat 20:1-16; 21:28-40; Mar 12:1-11; Luc 13:6-9; 22:18; Jua 15:1-6; San 3:12
ULO	Mat 6:17; 27:39; Gaw 21:24; 1Co 11:3-10; Efe 1:22
UNANG BUNGA	Rom 8:23; 11:16; 1Co 15:20,23; San 1:18
UTOS	Mat 5:19,20; 22:34-40; Jua 12:49,50; 13:34; 15:10,12; Rom 7:12; 13:8-10; 1Ju 2:7-11
	W
WALANG HANGGAN	Mat 25:41,46; Mar 3:29; Luc 16:9; 2Co 4:17,18; 5:1; Efe 3:11; 1Te 1:9; 2:6; 1Ti 1:16,17; 2Ti 2:10; Heb 1:10-12; 6:2; 9:12,14,15; 1Pe 5:10; 2Pe 1:11; Jud 1:6; Pah 14:6
WALANG KABULUHAN	Mat 6:7; Gaw 4:25; Rom 1:21; 8:20; 1Co 3:20; 13:1-3; Efe 4:17; 1Ti 1:6,7; 6:20; 2Ti 2:14,16; Tit 3:9; Heb 13:9; San 1:26; 2:14; 1Pe 1:18; 2Pe 2:18
WALANG KABULUKAN	1Co 15:42,52,53; 1Pe 1:4,23
WALANG KAMATAYAN	Mat 10:28; 25:46; Mar 8:36,37; 10:30; 12:26,27; Luc 10:25-28; 20:36-38; Jua 3:14-16,36; 5:39,40; 6:39-58; 10:28; 11:25,26; 14:19; 17:2,3; Gaw 20:32; 23:8,9; 26:7,8,18; Rom 2:7; 6:22,23; 1Co 15:12-55; Gal 6:8; Col 1:5,6; 1Te 4:13-18; 5:10; 1Te 1:7-9; 2:16; 1Ti 4:8; 6:12,19; 2Ti 1:9,10; Tit 1:2; 3:7; Heb 9:15; 10:34; 11:5,10,13-16; 1Pe 1:3-5; 1Ju 2:17,25; 5:13; Jud 1:21; Pah 1:7; 3:4; 22:5
WALANG KASALANAN	Mat 27:24; Luc 23:4,13-22; Gaw 13:28; 2Co 5:21; 1Pe 1:19; 3:18; 2Pe 3:14
WALANG MALASAKIT	Luc 17:26-30; Pah 3:15,16
WALANG PAGPASIYA	Mat 6:24; 26:41; 27:11-24; Luc 9:59-62; Jua 12:42; 19:12-16; Gaw 24:25,26; Gal 3:1-5; 5:17; San 1:6-8; 4:17
WALANG PASASALAMAT	Luc 17:17,18; Jua 1:11; Rom 1:21; 2Ti 3:2
WANGIS	Rom 8:29; 2Co 3:18; Efe 4:24; Col 1:15; 3:10; Heb 1:3; San 3:9; 1Ju 3:1-3

WIKA	Mat 26:73; Mar 16:17; Jua 19:20; Gaw 2:8-11; 10:46; 14:11; 19:6; 21:37; 1Co 12:10; 14:2-40

Z

ZACARIAS	Luc 1:5-80; 3:2
ZAQUEO	Luc 19:1-10
ZEBEDEO	Mat 4:21; 20:20; 27:56; Mar 1:19,20
ZEBULON	Mat 4:15; Pah 7:8
ZION	Mat 21:5; Jua 12:15; Rom 9:33; 11:26; Heb 12:22; 1Pe 2:6; Pah 14:1

Palestina
Sa Panahon Ni Cristo
Kilometro
0
20
40
60
Sidon
FENECIA
Damasco
SIRIA
Tiro
Cesarea Filipo
Dagat ng
Mediteraneo
GALILEA
Corazin
Capernaum
Betsaida
Cana
Magdala
Tiberias
Lawa ng Galilea
Nazaret
Nain
Gadara
DECAPOLIS
Cesarea
SAMARIA
Samaria
Shekem
Sicar
Jopa
Arimatea
JUDA
Ilog Jordan
Emaus
Jerico
Betfage
Jerusalem
Betania
Bethlehem
Batis ng Kedron
Patay na Dagat
Gaza


Ang Mga Paglalakbay Ni Apostol Pablo
Ang unang paglalakbay ni Pablo
Ang ikalawang paglalakbay ni Pablo
Ang ikatlong paglalakbay ni Pablo
Ang paglalakbay ni Pablo patungo sa Roma
Kilometro
0 100 200 300 400 500
Dagat na Itim
Dagat ng Mediteraneo
DALMACIA
TRASIA
ILIRICUM
ITALIA
MACEDONIA
GRECIA
ACAYA
SICILIA
MALTA
CRETA
CLAUDA
PATMOS
CHIOS
MISIA
BITINIA
PONTO
ARMENIA
GALACIA
CAPADOCIA
ASYA
LYDIA
FRIGIA
PISIDIA
PAMFILIA
CILICIA
CYPRUS
SIRIA
FENICIA
PALESTINA
JUDA
LIBYA
EGIPTO
ARABIA
Roma
Tatlong Bahay-panuluyan
Pamilihan ng Appio
Putiole
Regio
Siracusa
Filipos
Neapolis
Tesalonica
Amfipolis
Berea
Apolonia
Nicopolis
Atenas
Corinto
Cencrea
Troas
Asos
Adrameto
Mitilene
Pergamos
Tiatira
Sardis
Filadelfia
Antioquia ng Pisidia
Iconio
Listra
Derbe
Tarso
Hierapolis
Colosas
Laodicea
Esmima
Efeso
Trogilium
Mileto
Perga
Atalia
Patara
Mira
Cinido
Rodas
Cos
Antioquia
Seleucia
Salamis
Pafos
Fenicia
Salmone
Lasea
Mabuting Daungan
Cerene
Sidon
Damasco
Tiro
Tolemais
Cesarea
Jopa
Jerusalem
Gaza
Alexandria

BULGARIA
GRECIA
Dagat na Itim
RUSSIA
GEORGIA
AZERBAIJAN
ARMENIA
TURKEY
IRAN
CYPRUS
SIRIA
LEBANON
Dagat ng Mediteraneo
IRAQ
ISRAEL
JORDAN
EGIPTO
SAUDI ARABIA
Dagat na Pula
SUDAN
ERITREA
YEMEN
ETIOPIA
Ang Israel Sa Gitnang Silangan Ngayon
Kilometro
0 100 200 300 400 500